*MAARI MONG MAUNAWAAN ANG BIBLIYA!*

# *Lucas ang Mananalaysay: Mga Gawa*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLICAL INTERPRETATION)

*KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL*
*BAGONG TIPAN, TOMO 3B*

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL, MARSHALL, TEXAS

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Isang Pananalita Mula Sa May-Akda: Paano Makakatulong Ang Komentaryong Ito Sa'yo? .......... i
Isang Gabay Para Sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya .......... iii
Mga Pagdadaglat Na Ginamit Sa Komentaryong Ito .......... ix
Komentaryo
- Panimula sa Mga Gawa .......... 1
- Mga Gawa 1 .......... 8
- Mga Gawa 2 .......... 32
- Mga Gawa 3 .......... 67
- Mga Gawa 4 .......... 83
- Mga Gawa 5 .......... 99
- Mga Gawa 6 .......... 117
- Mga Gawa 7 .......... 127
- Mga Gawa 8 .......... 143
- Mga Gawa 9 .......... 154
- Mga Gawa 10 .......... 169
- Mga Gawa 11 .......... 181
- Mga Gawa 12 .......... 190
- Mga Gawa 13 .......... 199
- Mga Gawa 14 .......... 217
- Mga Gawa 15 .......... 227
- Mga Gawa 16 .......... 238
- Mga Gawa 17 .......... 249
- Mga Gawa 18 .......... 263
- Mga Gawa 19 .......... 273
- Mga Gawa 20 .......... 285
- Mga Gawa 21 .......... 297
- Mga Gawa 22 .......... 307
- Mga Gawa 23 .......... 315
- Mga Gawa 24 .......... 323
- Mga Gawa 25 .......... 329
- Mga Gawa 26 .......... 335
- Mga Gawa 27 .......... 346
- Mga Gawa 28 .......... 355

Dagdag na Dahon Isa: Mga Maikling Kahulugan ng Griyegong Pang-gramatikang Salita .......... 362
Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal na Krisismo .......... 372
Dagdag na Dahon Tatlo: Lumang Timang Makasaysayang Salaysay .......... 376
Dagdag na Dahon Apat: Talahuluganan .......... 379
Dagdag na Dahon Lima: Pangdoktrinang Pamamahayag .......... 391

# NATATANGING PAKSA TALAAN NG MGA NILALAMAN


Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesiya, Panimula sa Mga Gawa at 2:14 .....4
Ang Pag-akyat sa Langit, 1:2.....9
Ang Persona ng Espiritu, 1:2.....9
Mga Pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng Muling Pagkabuhay, 1:3.....11
Mga Simbolikong Bilang sa Kasulatan, 1:3.....12
Ang Kaharian ng Diyos, 1:3.....13
Ang Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, 1:6.....16
Mga Pang-Ebanghelyong Pagkiling ni Bob, 1:8.....20
Pagparito sa gitna ng mga Ulap, 1:9.....20
Mga Pangalan ng Apostol, 1:13.....22
Iscariote, 1:13.....23
Mga Kababaihang Naglalakbay kasama ni Hesus, 1:14.....24
Inspirasyon, 1:16.....25
Tipolohiya, 1:16.....26
Ang Bilang na Labindalawa, 1:21.....29
Ang Puso, 1:24.....30
Ang Espiritu (*pneuma*) sa NT, 2:2.....34
Apoy, 2:3.....35
Biblikal na Saloobin patungkol sa Alkohol at Pagkagumon sa Alkohol, 2:13.....38
Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesiya, 2:14.....40
Ang Panahong Ito at ang Darating na Panahon, 2:17.....41
Ang mga Babae sa Bibliya, 2:17.....42
Apoliptikong Panitikan, 2:19.....45
Ikalawang Pagdating, 2:20.....46
Ang Pangalan ng Panginoon, 2:21.....47
Hesus ang Nazareno, 2:22.....47
Pag-asa, 2:26.....50
Nasaan ang mga Patay?, 2:27.....50
Mesias, 2:31.....53
Ang Laman (*sarx*), 2:31.....54
Ang Trinidad, 2:32.....54
Ang Diyos na Inilalarawan bilang Isang Tao (Antromorpikong Wika), 2:33.....55
Pagsisisi ng Kasalanan, 2:38.....58
Bautismo, 2:38.....58
Monoteismo, 2:39.....60
Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit sa Kaligtasan, 2:40.....61
*Koinōnia,* 2:42.....63

Eleksyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan para sa Teolohikong Pagtimbang, 2:47 ........................ 64
Kasunduan (Tipan) 2:47 ........................ 65
Pagbibigay ng Limos, 3:2 ........................ 69
Kaluwalhatian (*doxa*), 3:13 ........................ 72
Pontio Pilato, 3:13 ........................ 73
Ang Isang Banal, 3:14 ........................ 74
Katuwiran, 3:14 ........................ 74
May-akda/Pinuno (*archēgos*), 3:15 ........................ 77
Pananampalataya, Maniwala, o Pagtitiwala, 3:16 ........................ 77
Mga Saduceo, 4:1 ........................ 85
Ang Sanhedrin, 4:5 ........................ 87
Sandigang Bato, 4:11 ........................ 90
Mga Pagpapahid sa Bibliya, 4:27 ........................ 93
Ang Pamilya ni Herodes ang Dakila, 4:27 ........................ 94
Pagiging Matapang (*Parrhēsia*), 4:29 ........................ 96
Si Bernabe (Barnabas), 4:36 ........................ 97
Satanas, 5:3 ........................ 100
Personal na Kasamaan, 5:3 ........................ 101
Mga Kagawian sa Paglilibing, 5:6 ........................ 103
Mga Griyegong Salita para sa Pagsusuri at Kanilang mga Kahuluga, 5:9 ........................ 104
Iglesiya (*ekklesia*), 5:11 ........................ 105
Ang Demonyo (mga masamang espiritu), 5:16 ........................ 107
Pagpapaalis ng Demonyo, 5:16 ........................ 108
Mga Fariseo, 5:34 ........................ 113
Gamaliel, 5:34 ........................ 114
Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa Lumang Tipan, 6:5 ........................ 120
Pagpapatong ng Kamay sa Bibliya, 6:6 ........................ 123
Petsa ng Exodo, 7:18 ........................ 133
Ang Kinaroroonan ng Bundok Sinai, 7:30 ........................ 135
Anyo (*tupos*), 7:43 ........................ 138
Kababalaghan (Mahiko), 8:9 ........................ 146
Pagtitiis, 8:13 ........................ 147
Ang mga Banal, 9:13 ........................ 159
Ang Anak ng Diyos, 9:20 ........................ 161
Kristiyanong Paglago, 9:32 ........................ 165
Pagsisisi sa Lumang Tipan, 9:35 ........................ 166
Hukom, Kahatulan at Katarungan sa Isaias, 10:42 ........................ 178
Kamay (inilalarawan mula sa Ezekiel), 11:21 ........................ 186
Propesiya ng Bagong Tipan, 11:27 ........................ 187
Ang Panalanging Namamagitan, 12:5 ........................ 192

Santiago, Ang Kapatid sa Ina ni Hesus, 12:17 .......... 196
Inspirasyon, 13:1 .......... 200
Pagbibigay Liwanag (Iluminasyon), 13:1 .......... 201
Pag-aayuno, 13:2 .......... 202
Ang Hebreong Kanon, 13:15 .......... 206
Ang mga Naninirahan sa Palestino bago Dumating ang mga Israelita, 13:19 .......... 207
Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises, 13:39 .......... 212
Ipinadala (*apostellō*), 14:4 .......... 220
Ang Pangangailangan ng Pagtitiis, 14:22 .......... 223
Silas/Silvanus, 15:22 .......... 233
Kristiyanong Kalayaan laban sa Kristiyanong Pananaguta, 15:29 .......... 235
Si Hesus at ang Espiritu, 16:6 .......... 241
Ang Lungsod ng Tesalonica, Tingnan ang panimula sa Mga Gawa 17 .......... 250
Ang Lungsod ng Corinto, Tingnan ang mga puna sa 18:1 .......... 264
Ang Lungsod ng Efeso, Tingnan ang mga puna sa 18:19 .......... 269
Silanganing Panitikan, 19:10 .......... 277
Ang mga Anghel sa mga Sulat ni Pablo, 19:12 .......... 278
Pagpapahayag ng Kasalanan, 19:18 .......... 279
Mga Masamang Hilig (bisyo) at mga Kagalingan sa NT, 20:19 .......... 290
Apostasyo o Pagtalikod sa Pananampalataya, 20:30 .......... 293
Nagpapatibay, 20:32 .......... 295
Ang Kalooban ng Diyos, 21:14 .......... 300
Karaniwang Sangkap sa Pagtatanggol ni Pablo, Tingnan ang tsart sa panimula ng Mga Gawa 21:17 .......... 301
Paghahambing sa mga Saduceo at mga Fariseo, Tingnan sa panimula ng Mga Gawa 21:17 .......... 301
Nazaritong Panata, 21:24 .......... 303
Mga Kagawian sa Pagdadalamhati, 22:23 .......... 313
Mga Eskriba, 23:9 .......... 318
Sumpa (*anathema*), 23:14 .......... 320
Herod Agrippa II, Tingnan ang panimula sa 25:13 .......... 331
Bernice, Tingnan ang panimula sa 25:13 .......... 331
Kapangyarihan o Kapamahalaan, 26:18 .......... 340
Katotohanan sa mga Sulat ni Pablo, 26:25 .......... 343
Ang Natira, Tatlong Kaunawaan, 28:25-27 .......... 359

# ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.
.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS$^4$ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

# ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

## I. Mga Pagpapalagay

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at

gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
   1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
   2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
   3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
   4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
   5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
   6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
   7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.

B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

**III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya**

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
   a. tagpuang pangkasaysayan
   b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
   a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
   b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
   c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
   a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
   b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
   1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
   3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
   4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
      a. Lumang Tipan
         (1) salaysay na Hebreo
         (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
         (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
         (4) Mga pamkautusan na koda
      b. Bagong Tipan
         (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
         (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
         (3) Mga liham/epistulo
         (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
   2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
   3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
   2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
      a. ang may-akda
      b. ang petsa
      c. ang mga tagatanggap
      d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
      e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
      f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
   3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
   4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
   1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
      a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
      b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
      c. magkakatambis na mga konsepto
   3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
      a. mga mahahalagang salita
      b. mga di-karaniwang salita
      c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
      d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
   4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
      a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
         (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
         (2) mga sangguniang Bibliya
         (3) mga pagkakatugma
      b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
      c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
   5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
      a. mga pag-aaral ng Bibliya
      b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
      c. mga paunang salita ng Bibliya
      d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

**IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya**

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon

at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay <u>hindi</u> inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

"Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay

na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

## VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS$^4$)
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
2. mga pamalit na kahulugan ng salita
3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

| | |
|---|---|
| AB | Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman ABD |
| | Anchor Bible Dictionary (6 vols.), ed. David Noel Freedman |
| AKOT | Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph Owens |
| ANET | Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard |
| BAGD | A Greek-English Lexicon of the New Testament and Early Christian Literature, Walter Bauer, 2nd edition nina F. W. Gingrich at Fredrick Danker |
| BDB | A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs |
| BHS | Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997 |
| IDB | The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A. Buttrick |
| ISBE | International Standard Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. James Orr |
| JB | Jerusalem Bible |
| JPSOA | The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America) |
| KB | The Hebrew at Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner |
| LAM | The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M. Lamsa |
| LXX | Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970 |
| MOF | A New Translation of the Bible ni James Moffatt |
| MT | Masoretic Hebrew Text |
| NAB | New American Bible Text |
| NASB | New American Standard Bible |
| NEB | New English Bible |
| NET | NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition |
| NIDNTT | New International Dictionary of New Testament Theology and Exegesis (5 vols.), ed. Willem A. VanGemeren |
| NRSV | New Revised Standard Bible |
| NIV | New International Version |

| | |
|---|---|
| NJB | New Jerusalem Bible |
| OTPG | Old Testament Parsing Guide nina Todd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith |
| REB | Revised English Bible |
| RSV | Revised Standard Version |
| SEPT | The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970 |
| TCNT | The Twentieth Century New Testament |
| TEV | Today's English Version from United Bible Societies |
| YLT | Young's Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young |
| ZPBE | Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney |

# PANIMULA SA MGA GAWA

## MGA PAMBUNGAD NA PAMAMAHAYAG

A. Ang aklat ng Mga Gawa ay bumuo ng isang napakahalagang ugnayan sa pagitan ng mga kaganapan sa pamumuhay ni Hesus (Ebanghelyo) at ng Kanyang mga alagad sa pagpapaliwanag, pangangaral, at paggamit ng Kanyang mga sinalita at isinagawa sa mga Sulat sa Bagong Tipan.

B. Sa mga sulat sa Bagong Tipan ay dalawa ang nalikom sa umunlad at lumaganap na sinaunang Iglesiya: (1) ang Ebanghelyo (apat na Ebanhelyo) at (2) ang Apostol (mga sulat ni Pablo). Gayon pa man, dahil sa sinaunang maling pananampalataya sa ikalawang siglo, ang kahalagahan ng aklat ng Mga Gawa ay naging malinaw. Hinayag ng Mga Gawa ang nilalaman at layunin ng Apostolikong pangangaral (*kerygma*) at ang kamangha-manghang ibinunga ng ebanghelyo.

C. Napatingkad at napatunayan ng modernong arkeolohikang pagtuklas ang makasaysayang ganap na kawastuhan ng Mga Gawa, lalo na sa kinalaman nito sa karapatan ng panggobyernong pamahalaan ng Romano.
   1. *stratēgoi*, 16:20,22,35,36 (maging ang mga katungkulan ng kapitan ng mga bantay sa templo, Lucas 22:4,52; Gawa 4:1; 5:24-26)
   2. *politarchas*, 17:6,8; at *prōtō,* Gawa 28:7, cf. A. N. Sherwin-White, *Roman Society and Roman Law in the New Testament*

   Si Lucas ay nakapagtala ng pagkabahala sa loob ng sinaunang iglesia, maging ang mainitang pagtatalo nila Pablo at Bernabe. (cf. Gawa 15:39). Ito'y nagpapakita lamang ng makatarungan, balanse, makasaysayang pananaliksik / teolohikong pagsulat.

D. Ang titulo ng aklat ay natagpuan sa hindi gaanong magkakaibang uri ng sinaunang mga salitang Griyego:
   1. Manuscript א (Sinaiticus), Tertullian, Didymus, at Eusebius ay mayroong "Ang mga Gawa" (ASV, NIV)
   2. Manuscripts B (Vaticanus), D (Bezae) sa pagsang-ayon, Irenaeus, Tertullian, Cyrian, at Athanasius ay mayroon "Ang mga Gawa ng mga Apostol" (KJV, RSV, NEB)
   3. Manuscripts $A^2$ (unang pagwawasto ng Alexandrinus), E, G, at Chrysostom ay mayroong "Ang mga Gawa ng mga Banal na Apostol"

   Ito'y maaari na ang mga Griyegong salita na *praxeis*, *praxis* (pagkilos, kagawian, pag-uugali, gawain, kasanayan) ay ipinapakita ang uri ng sinaunang Mediteraneo pampanitikan na nagpapakilala sa buhay at kaugalian ng tanyag o maimpluwensyang tao (e.g., Juan, Pedro, Esteban, Filipos, Pablo). Marahil noon pa man ang aklat ay walang pagkamay-ari (kagaya ng Ebanghelyo kay Lucas ).

E. Ang aklat ng Mga Gawa ay may dalawang natatanging tekstuwal na salin. Isa sa pina-ikli ay ang Alexandrian (MSS $P^{45}$, $P^{74}$, א, A, B, C). Ang Kanlurang kaugnayan ng mga manuskrito ($P^{29}$, $P^{38}$, $P^{48}$ and D) ay tila saklaw nito ang marami pa detalye. Hindi tiyak kung ang mga ito ay nagmula sa may-akda o paglalakip ng mga manunulat, batay sa mga tradisyon ng sinaunang iglesia. Karamihan sa mga iskolar pang tekstuwal ay naniniwala na ang Kanlurang mga manuskrito na kalauna'y may mga naidagdag dahil sila'y
   1. nag-ayos o sinubukang gawin ang hindi karaniwan o mahihirap na mga teksto
   2. naglagay ng karagdagang detalye
   3. naglagay ng tiyak na parirala upang bigyang diin na si Hesus ang Kristo.
   4. hind pinahalagahan ng sinumang mga sinaunang Krisyanong manunulat kailanman sa unang-tatlong siglo (cf. F. F. Bruce, *Acts: Greek Text*, pp. 69-80)

   Para sa marami pang ditalyeng pagtalakay konsultahin ang *A Textual Commentary on the Greek New Testament* ni Bruce M. Metzger, nailathala sa pamamagitan ng United Bible Societies, pp. 259-272.

   Dahil sa malawak na bilang ng kalaunang mga dagdag, ang komentaryong ito ay walang kinalaman sa lahat ng mga opsyong tekstuwal. Kung ang ibang tekstuwal ay napakaimportante na bigyang-pakahulugan, kung gayon at samakatwid ito ay iugnay sa komentaryong ito.

## MAY-AKDA

A. Ang aklat na ito ay di-kilala ang sumulat, ngunit matibay na pinapahiwatig na si Lucas ang pagkamay-akda.
   1. Ang pambihira at kamangha-manghang "tayo"na bahagi (16:10-17 [pangalawang paglalakbay pang misyon sa Filipos]; 20:5-15; 21:1-18 [katapusan ng pangatlong paglalakbay pang mission] at 27:1-28:16 [ipinadala sa Pablo bilang bilanggo sa Roma]) matibay na pinapahiwatig na si Lucas ang may akda.

2. Ang kaugnayan sa pagitan ng pangatlong Ebanghelyo at Mga Gawa ay malinaw kung ang isa ay ihambing sa Lucas 1:14-4 sa Gawa 1:1-2.
3. Lucas, ang Hentil na manggagamot, ay nabanggit bilang kasama ni Pablo sa Colosas 4:10-14, Filemon 24, at II Timoteo 4:11.
4. Ang pagkakaisang lubos na saksi ng sinaunang Iglesya na yaon ang may akda ay si Lucas.
   a. ang Muratorian Fragment (A.D. 180-200 mula sa pahayag ng Roma, "sumunod ayon kay Lucas ang manggagamot")
   b. ang mga kasulatan ng Irenaeus (A.D. 130-200)
   c. ang mga kasulatan ni Clement of Alexandria (A.D. 156-215)
   d. ang mga ksaulatan ni Tertullian (A.D. 160-200)
   e. ang mga kasulatan ni Origen (A.D. 185-254)
5. Ang panloob na katunayan sa pamamaraan at bukabularyo (lalu na sa mga medikal na terminolohiya) ang nagpatunay na si Lucas ang may-akda (Sir William Ramsay and Adolph Von Harnack.

B. Mayroong tatlong pinagmulan ng impormasyon tungkol kay Lucas.
1. Ang tatlong mga talata sa NT (Colosas 4:10-4; Filemon 24; II Timoteo 4:11) at maging ang aklat nitong Mga Gawa.
2. Ang pangalawang siglo na Anti-Marcion na panimula kay Lucas (A.D. 160-180)
3. Ang mananalaysay ng sinaunang Iglesiya sa ika-apat na siglo, si Eusebius, sa kanyang *Ecclesiastical History*, 3:4, ay nagsabing "si Lucas, sa biyaya, mamamayan ng Antioch, at sa propesyon, na manggagamot, higit sa lahat ay nakaagapay ni Pablo at nakasama di gaano ng ilang mga apostol, ay nag-iwan satin ng mga halimbawa sa kagalingan ng kaluluwa na kanyang natamo mula sa kanila sa dalawang ispiradong mga aklat, Ang Ebanghelyo at Ang Mga Gawa ng mga Apostol."
4. Ito ang pinaghalong kaanyuan ni Lucas.
   a. isang Hentil (naitala sa Colosas 4:12-14 kasama ni Epafras at Demas, hind ng mga lingkod na Hudyo)
   b. nagmula alin man sa Antioquia ng Sirya (Anti-Marcion na panimula kay Lucas) o sa Filipos ng Macedonia (Sir William Ramsay sa Gawa 16:19)
   c. isang manggagamot (cf. Colosas 4:14), o isa lamang na taong may mahusay na pinag-aralan.
   d. naging mananampalataya sa kahustuhang gulang matapos na magsimula ang iglesya sa Antioquia (Anti-Marcion na panimula)
   e. kasamahang paglalakbay ni Pablo (sa mga bahaging "kami" ng Mga Gawa.
   f. walang asawa
   g. ang sumulat ng pangatlong Ebanghelyo at Mga Gawa (magkahawig na mga panimula at hawig sa pamamaraan at bukabularyo)
   h. pumanaw sa edad na 84 sa Boeotia

C. Mga hamon sa pagkamay-akda ni Lucas
1. Ang pangangaral ni Pablo sa burol ng Mars (Areopago) sa Atenas ay gumamit ng Griyegong pilosopikal na mga kategorya at termino na bumuo ng karaniwang batayan (cf. Gawa 17), ngunit si Pablo, sa Roma 1-2, tila kinilala ang ano mang "karaniwang batayan" (kalikasan, panloob na saksing moral) bilang walang saysay.
2. Ang pangangaral ni Pablo at mga komento sa Mga Gawa ay naglarawan sa kanya bilang isang Kristyanong Hudyo na tumatanggap kay Moises ng taimtim, ngunit sa mga sulat ni Pablo ay minaliit ang Kautusan bilang alinlangan at lipas na.
3. Ang pangangaral ni Pablo sa Mga Gawa ay wala pagtutok sa Eskatolohiko gaya ng naunang mga aklat na kanyang ginawa. (i.e., I at II Mga Taga-Tesalonica)
4. Ang paghahambing na ito sa mga pahayag, pamaraan, at pahalaga ay kapakipakinabang, ngunit hindi kapani-paniwala. Kung ang magkaparehong saligan ay magagamit sa Ebanghelyo, ang Hesus ng Sinoptiko ay nagsasalita ng malaking kaibahan kesa sa Hesus ni Juan. Gayunman, iilang iskolar lamang ang nais ikaila na ito'y kapwa naglarawan ng pamumuhay ni Hesus.

D. Kung pag-uusapan ang pagkamay-akda ng Mga Gawa ito'y napakamahalaga na ating talakayin ang pinagkunan ni Lucas dahil marami sa mga iskolar (e.g., C.C. Torrey,) ay naniniwala na si Lucas ay gumamit ng mga dokumento galing sa Arameik (o Sali't-saling salita) sa maraming unang labing-limang mga kapitulo. Kung ito nga ay totoo, si Lucas ay isang editor nitong kagamitan, hind isang may-akda. Maging sa mga sumunod na pangangaral ni Pablo, si Lucas lamang ang nagbigay satin ng buod na sinalita ni Pablo, hindi ang eksaktong kasaysayan. Ang pinagkunan na ginamit ni Lucas ay napakamahalagang tanong ayon sa kanyang pagkamay-akda ng aklat.

## PETSA

A. Mayroong higit na pagtatalakay at pagtatalo ayon sa panahon ng pagkasulat ng Mga Gawa, ngunit ang mga kaganapan dito ang sakop ay mula halos A.D. 30-63 (noong si Pablo ay napalaya sa bilangguan sa Roma sa kalagitnaan ng 60 at muling naaresto at ipapatay sa ilalim ni Nero, marahil sa panahon ng pag-uusig nang A.D. 65)

B. Kung ipagpalagay ng sinuman ay likas na paghingi ng tawad ang aklat hinggil sa Gobyerno ng Romano, samakatwid ang petsa (1) bago ang A.D. 64 (ang pasimula ng pag-uusig ni Nero sa mga Kristyano sa Roma) at/o (2) kaugnay sa pag-aalsa ng mga Hudyo ng A.D. 66-73.

C. Kung ang sinuman ay subukan na ihalintulad ang Mga Gawa sa Ebanghelyo ni Lucas ayon sa pagkakasunod-sunod, samakatuwid ang petsa sa pagkasulat ng Ebanghelyo ay mababago ng petsa sa pagkasulat ng Mga Gawa. Yamang ang pagbagsak ng Jerusalem sa Tito ng A.D. 70 ay nahulaan (i.e., Lucas 21), ngunit hindi naisalarawan, ay tila kinailangan ng petsa bago ang A.D. 70. Kung gayon nga, samakatuwid ang Mga Gawa, na naisulat bilang sunod-sunod na pangyayari, ay nararapat na petsahan kung magkaminsan pagkatapos ng Ebanghelyo.

D. Kung ang sinuman ay naguluhan dahil sa mabilis na pagtatapos (si Pablo ay nanatiling bilanggo sa Roma, F. F. Bruce), samakatuwid ang petsa na kaugnay sa katapusan ng unang pagkabilanggo kay Pablo ng Romano, A.D. 58-63, ay mainam.

E. Gawa.Ilan sa mga makasaysayang panahon na kaugnay sa mga makasaysayang pangyayari ay naitala sa
   1. laganap na pagkagutom sa panahon ni Claudio. (Gawa 11:28, a.d. 44-48)
   2. kamatayan ni Herodes Agrippa I (Gawa 12:20-23, A.D. 44 [tag-sibol])
   3. pagiging proconsul ni Sergius Paulus (Gawa 13:7, nahirang noong A.D. 53)
   4. pagpapaalis ni Claudio sa mga Hudyo mula sa Roma (Gawa 18:2, A.D. 49 [?])
   5. pagiging proconsul ni Gallio, Gawa 18:12 (A.D. 51 or 52 [?])
   6. pagiging proconsul ni Felix (Gawa 23:26; 24:27, A.D. 52-56 [?])
   7. pagkahalili kay Felix ni Porcio Festo (Gawa 24:27, A.D. 57-60 [?])
   8. Mga Romanong Opisiyal ng Judea
      a. Mga Prokurador
         (1) Poncio Pilato, A.D. 26-36
         (2) Marcellus, A.D. 36-37
         (3) Marullus, A.D. 37-41
      b. In A.D. 41 the procuratorial method of Roman administration was changed to an empirical model. The Roman Emperor, Claudius, appointed Herod Agrippa I in A.D. 41.
      c. Matapos ang pagkamatay ni Herodes Agripa, A.D. 44, ang prokurador na pamamaraan ay naitatag muli hanggang A.D. 66
         (1) Antonius Felix
         (2) Porcius Festus

## ANG MGA LAYUNIN AT BALANGKAS

A. Isa sa layunin ng aklat ng Mga Gawa ay nang idokumento ang mabilis na paglago ng mga tagasunod ni Hesus mula sa mga pinagmulan ng Hudyo hanggang sa pandaigdigang ministeryo, mula sa nakasarang silid sa itaas hanggang sa palasyo ni Cesar:
   1. Itong heograpiyang basihan ay alinsunod sa Mga Gawa 1:8, na kung saan ang Dakilang Komisyon ng Mga Gawa (Mateo 28:19-20).
   2. Itong lawak ng heograpiya ay nailahad sa ilang mga pamamaraan.
      a. Sa paggamit ng pangunahing mga siyudad at mga hangganan ng bansa. Sa Mga Gawa ay maroong 32 mga bansa, 54 na mga bayan at 9 na Mediteraneong mga pulo ang nabanggit. Ang tatlong pangunahing mga bansa ay ang Jerusalem, Antioquia at Roma (cf. Gawa 9:15).
      b. Sa paggamit ng mahahalagang mga personalidad. Ang Mga Gawa ay maaring halos hatiin sa dalawang bahagi: ang ministeryo ni Pedreo at Pablo. Mayroong mahigit 95 na katao ang nabanggit sa Mga Gawa, subalit ang isa sa mga pangunahin ay sila: <u>Pedro</u>, Esteban, Felipe, Bernabe, Santiago at <u>Pablo</u>.
      c. Mayroong dalawa o tatlong panliteraturang mga anyo na kung saan ay paulit-ulit na makikita sa Mga Gawa na tila naglalarawan na sinadyang tangkain ng may-akda ang pagkakagawa:

| (1) buod ng paglalahad | (2) paglalahad sa paglawak | (3) paggamit ng bilang |
|---|---|---|
| 1:1 – 6:7 (sa Jerusalem) | 2:47 | 2:41 |
| 6:8 – 9:31 (sa Filisteo) | 5:14 | 4:4 |
| 9:32 – 12:24 (sa Antioquia) | 6:7 | 5:14 |
| 12:25 – 15:5 (sa Asia Minor) | 9:31 | 6:7 |
| 16:6 – 19:20 (sa Grecia) | 12:24 | 9:31 |
| 19:21 – 28:31 (sa Roma) | 16:5 | 11:21,24 |
| | 19:20 | 12:24 |
| | | 14:1 |
| | | 19:20 |

B. Ang Mga Gawa ay maliwanag na kaugnay sa maling pagkaunawa na nakapaligid sa kamatayan ni Hesus dahil sa kataksilan, si Lucas ay sumulat sa mga Gentil (Teofilo, marahil isang Romanong opisyal). Kanyang ginamit (1) ang mga pananalita ni Pedro, Esteban, at Pablo upang ipakita ang panukala ng mga Hudyo at (2) ang kasiguruhan ng panggobyerong mga Romanong opisyal laban sa Kristyanismo. Ang mga Romano na walang kinatatakutan sa mga tagasunod ni Hesus.

1. pananalita ng mga pinunong Kristyano
   a. Pedro, 2:14-40; 3:12-26; 4:8-12; 10:34-43
   b. Esteban, 7:1-53
   c. Pablo, 13:10-42; 17:22-31; 20:17-25; 21:40-22:21; 23:1-6; 24:10-21; 26:1-29
2. koneksyon sa panggobyernong mga opisyal
   a. Poncio Pilato, Lucas 23:13-25
   b. Sergio Paulo, Gawa 13:7,12
   c. Ang mga hukom ng Filipos, Gawa 16:35-40
   d. Galion, Gawa 18:12-17
   e. mga puno sa Asia ng Efeso, Gawa 19:23-41 (esp. v. 31)
   f. Claudio Lisias, Gawa 23:29
   g. Felix, Gawa 24
   h. Porcio Festo, Gawa 24
   i. Agripa II, Gawa 26 (esp. v. 32)
   j. Publio, Gawa 28:7-10
3. Kung may maghambing sa pangangaral ni Pedro kay Pablo ito ay malinaw na si Pablo ay hindi isang nagpabago, kundi isang tapat na mamamahayag ng apostoliko, mga katotohanan ng ebanghelyo. Kung sinuman ang tumulad sa sinuman, iyon ay si Pedro (cf. I Pedro) na gumamit ng mga pananalita at bukabularyo ni Pablo. Ang *kerygma* ay pinag-isa!

C. Si Lucas ay hindi lamang pinagtanggol ang Kristyanismo noong pamamahala ng Romano, nguni't pinagtanggol din niya si Pablo noon sa iglesia ng mga Hentil. Si Pablo noo'y paulit-ulit na nilusob ng mga grupo ng Hudyo (Judaizers ng mga Galacia, ang "pinaka apostol" ng II Corinto 10-13); at grupo ng mga Hallenistic (Gnosticism ng mga taga-Colosas at taga-Efeso). Ipinakita ni Lucas ang kanormalan ni Pablo ayon sa maliwanag na pagbubunyag ng kanyang puso at teolohiya sa kanyang mga paglalakbay at pangangaral.

D. Bagaman ang Mga Gawa ay hind nilayon na maging isang doktrinang aklat, ginawa itong kasulatan para sa atin ang elemento ng sinaunang pangangaral ng mga Apostol na kung saan tinawag ito ni C. H. Dodd na "ang *Kerygma*" (makabuluhang mga katotohanan patungkol kay Hesus). Ito ay matulungan tayong makita kung ano ang kanilang naramdaman na kung saan ang kahalagahan ng ebanghelyo, lalo na bilang paghalintulad nila sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus.

## NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESIYA

A. Nang matupad ang pangako ng Diyos mula sa Lumang Tipan sa pagdating ni Hesus ang Mesyas (Gawa 2:30-31; 3:19,24; 10:43; 26:6-7,22; Roma 1:2-4; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:1-2; I Pedro 1:10-12; 2 Pedro 1:18-19).

B. Si Hesus ay pinahiran ng Diyos bilang Mesyas sa Kanyang bautismo. (Gawa 10:38).

C. Ang ministeryo ni Hesus magbuhat sa Galilea matapos ang Kanyang bautismo.(Gawa 10:37).

D. Si Hesus ay nahayag sa kanyang mabubuting gawa at gawang makapangyarihan sa pamamagitan ng Diyos (Marcos 10:45; Gawa 2:22; 10:38).

E. Ang Mesyas ay napako sa krus ayon sa wagas na layunin ng Diyos (Marcos 10:45; Juan 3:16; Gawa 2:23; 3:13-15,18; 4:11; 10:39; 26:23; Roma 8:34; I Corinto 1:17-18; 15:3; Galacia 1:4; Hebreo 1:3; I Pedro 1:2,19; 3:18; I Juan 4:10).

F. Siya'y nabuhay na maguli sa mga patay at nagpakita sa kanyang mga alagad (Gawa 2:24,31-32; 3:15,26; 10:40-41; 17:31; 26:23; Roma 8:34; 10:9; I Corinto 15:4-7,12ff; I Tesalonica 1:10; I Timoteo 3:16; I Pedro 1:2; 3:18,21).

G. Si Hesus ay itinaas ng Diyos at pinangalanang "Panginoon" (Gawa 2:25-29,33-36; 3:13; 10:36; Roma 8:34; 10:9; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:3; I Pedro 3:22).

H. Kanyang ipinagkaloob ang Espiritu Santo upang itatag ang bagong komunidad ng Diyos (Gawa 1:8; 2:14-18,38-39; 10:44-47; I Pedro 1:12).

I. Siya'y muling magbabalik sa Kanyang paghuhukom at pananauli sa lahat ng mga bagay. (Gawa 3:20-21; 10:42; 17:31; I Corinto 15:20-28; I Tesalonica 1:10).

J. Ang lahat na nakapakinig ng Salita ay nararapat na mangagsisi at mangagbautismo (Gawa 2:21,38; 3:19; 10:43,47-48; 17:30; 26:20; Roma 1:17; 10:9; I Pedro 3:21).

Itong panukala ay naghatid bilang napakahalagang pagpapahayag ng sinaunang iglesia, bagaman iba-iba ang mga may-akda ng Bagong Tipan maaring hindi maisama ang isang bahagi o bigyang-diin ang iba pang mga detalye sa kanilang mga pangangaral. Ang buong ebanghelyo kay Marcos ay malapit na sinunod ang pang-Pedro na na aspeto ng *kerygma*. Si Marcos ay nakaugaliang mapansin na wari'y nagbabalangkas ng mga pangangaral ni Pedro, na ipinangaral sa Roma, sa isang nasusulat na Ebanghelyo. Si Mateo at Lucas ay kapwa sumusunod sa kaayusan ng batayan ni Marcos.

E. Si Frank Stagg sa kanyang komentaryo, *The Book of Acts, the Early Struggle for an Unhindered Gospel*, hinayag ang layunin unang-una ang pagkilos ng mensahe patungkol kay Hesus (ang ebanghelyo) mula sa isang mahigpit na makabansang pangrelihiyong Hudyo sa isang pandaigdigang mensahe para sa lahat ng tao. Ang komentaryo ni Stagg ay tumutok sa (mga) layunin ng pagkasulat sa Mga Gawa. Isang mahusay na buod at pagsusuri ng ibat-ibang mga teorya ay matatagpuan sa pp. 1-18. Minarapat ni Stagg na tumutok sa katagang "walang nagbabawal" sa 28:31, na kung saan ay hind pangkaraniwang paraan na wakasan ang isang aklat, bilang kasagutan na maunawaan ang pagpapahalaga ni Lucas sa pagpalaganap ng Kristyanismo laban sa lahat ng mga hadlang.

F. Bagaman ang Espirtu Santo ay nabanggit mahigit sa limampung ulit sa Mga Gawa, hindi ito "ang Mga Gawa ng Espiritu Santo." Mayroong labing-isang kabanata na kung saan ang Espiritu ay hind nabanggit. Siya ay nabanggit mas malimit sa unang bahagi ng Mga Gawa, noong si Lucas ay magbanggit ng ibang pinagkunan (maaring orihinal na sulat sa Aramaiko). Ang Mga Gawa ay hindi para sa Espiritu kung ano ang Ebanghelyo ay ukol kay Hesus! Ito ay hindi naman nangangahulugan na pababain ang halaga ng Espiritu sa kalagayan nito, kundi ang maingatan tayo mula sa pagbuo ng isang teolohiya na ang Espiritu ang pangunahin o natatangi sa Mga Gawa.

G. Ang Mga Gawa ay hindi nilayun na magturo ng doktrina (cf. Fee and Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 94-112). Isang halimbawa nito ay maaring magtangka na magsalig ng teolohiya sa pagpapaniwala mula sa Mga Gawa na kung saan ay tiyak na mapapahamak sa pagkakamali. Ang kautusan at mga saligan ng paniniwala ay magkaiba sa Mga Gawa; samakatwid, aling basehan ang normatibo? Kinakailangan nating tumingin sa mga kasulatan para sa tulong pangdoktrina.

Gayon pa man, ito ay kaakit-akit para sa ilang mga iskolar (Hans Conzelmann) na maipakita ang pakay ni Lucas na pag-angkupin muli ang nalalapit na katapusan ng mundo ng unang siglo na may pagtitiis sa paglilingkod daan patungo sa naantalang *Parousia*. Ang kaharian ay narito na sa kapangyarihan, sa pagbabago ng buhay.

H. Isa pa sa posibleng layunin ng Mga Gawa ay maihahambing sa Roma 9-11: bakit nagawa ng mga Hudyo na itanggi ang Mesyas ng Hudyo at karamihan sa mga naging iglesia ay Gentil? Ilang mga lugar sa Mga Gawa ang pandaigdigang kalikasan ng ebanghelyo ay malinaw na napamalita. Isinugo sila ni Hesus sa lahat ng dako sa buong mundo (cf. 1:8). Itinanggi Siya ng mga Hudyo, ngunit ang mga Gentil ang tumugon sa Kanya. Ang pangangaral Niya ay nakaabot sa Roma.

Maaaring ito ay layunin ni Lucas na ipakita sa mga Kristyanismong Hudyo (Pedro) at Kristyanismong Gentil (Pablo) ay maaring mamuhay ng sama-sama at lumago ng magkakasama! Sila ay hindi magkalaban, kundi magkasama sa pandaigdigang pangangaral.

I. Batay sa layunin, sumasang-ayon ako kay F. F. Bruce (*New International Commentary*, p. 18) na yamang ang Lucas at Mga Gawa ay nagbuhat sa isang kabuuan, ang panimula kay Lucas (1:1-4) ay gumagawa tulad ng sa panimula sa Mga Gawa. Si Lucas, bagaman hindi isang saksi sa lahat ng mga kaganapan, masinop nilang nasaliksik at kanilang

naitala ng tama, gamit ang sarili niyang pangkasaysayan, panliteratura, teolohiyang balangkas.

Kung gayon si Lucas, sa kapwa niyang ebanghelyo at salaysay, ninais na ipakita ang makasaysayang katotohanan at teolohikal na mapagkakatiwalaan (cf. Lucas 1:14) ni Hesus at ng iglesia. Ito'y maaring ang sentro ng Mga Gawa ay ang tema ng katuparan (walang nagbawal, cf. 28:31, na kung saan ang huling kataga ng aklat). Ang temang ito ay patuloy na nadala sa pamamagitan ng ilang mga ibat-ibang salita at parirala (cf. Walter L. Liefeld, *Interpreting the Book of Acts*, pp. 23-24 ). Ang Ebanghelyo ay hindi isang nalimutang kaisipan, pangalawang plano, o isang bagong pangyayari. Ito ay ang pangunahing katiyakan na plano ng Diyos.

## KATEGORYA

A. Ang Mga Gawa ay para sa NT kung paanong ang Josue hanggang sa II Kings ay para sa OT: Pangkasaysayang salaysay (tignan ang Dagdag na dahon Tatlo). Ang biblikal na kasaysayang salaysay ay mabunga, ngunit ang sentro ay hindi sa pagkakasunod-sunod na kaganapan o tiyak na pagtatala ng pangyayari. Pumili iyon ng tiyak na mga pangyayari na nagpapaliwanag kung sino ang Diyos, sino tayo, paano tayo nilikhang matuwid ng Diyos, paano tayo mamuhay sa kagustuhan ng Diyos.

B. Ang suliranin sa pagpapakahulugan ng biblikal na salaysay ay ang mga may-akda na hindi nilalagay sa teksto (1) ano ang kanilang dahilan, (2) ano ang pangunahing katotohanan, o (3) paano natin dapat tularan ang mga bagay na nakatala. Ang mga mambabasa ay kinakailangang mag-isipin sa pamamagitan ng sumusunod na mga katanungan:
   1. Bakit ang pangyayari ay naitala?
   2. Paano ito mai-uugnay sa mga naunang biblikal na kagamitan?
   3. Ano ang pangunahing teolohikong katotohanan?
   4. Meron bang kabuluhan sa konteksto ng salaysay? (Anong mga naunang pangyayari o sumunod? Ang paksang ito ba ay may kinalaman sa ibang dako?)
   5. Gaano kalawak itong kontekstong panliteratura? (kung minsan malaking kabuuang uri ng salaysay isang teolohikong tema o layunin.

C. Ang pangkasaysayang salaysay ay hind dapat ang tanging pinagmumulan ng doktrina. Madalas na mga pangyayaring naitala ay sinadya sa layunin ng may-akda. Ang pangkasaysayang salaysay ay maaring maglarawan ng mga katotohanan na nakatala sa ilang bahagi ng Biblia. Dahil lamang sa anumang naganap hind ito nangangahulugan na ito ang kalooban ng Diyos para sa lahat ng mga mananampalataya sa lahat ng panahon. (eg., pagpapakamatay, pag-aasawa ng marami, banal na digmaan, paghawak ng ahas, etc).

D. Ang pinakamainam na maigsing pagtalakay sa kung paano ipaliwanag ang pangkasaysayang salaysay ay nasa Gordon Fee at Doughlas Stuart ng *How to Read  the Bible For All Its Worth*, pp. 78-93 and 94-112.

## BIBLIYOGRAPIYA ANG PANGKASAYSAYANG KALALGAYAN

Ang mga bagong aklat na naglalagay sa Gawa sa kanyang unang siglong kalalagayan ay inilimbag ng mga klasisista. Itong maka-disiplinaryong paghahatid ay tunay ngang nakatulong sa pag-unawa ng NT. Ang kalipunan ay naiwasto sa pamamagitan ni Bruce M. Minter.

A. *The Book of Acts in Its Ancient Literary Setting*
B. *The Book of Acts in Its Graeco-Roman Setting*
C. *The Book of Acts and Paul in Roman Custody*
D. *The Book of the Acts in Its Palestinian Setting*
E. *The Book of Acts in Its Diaspora Setting*
F. *The Book of  Acts in Its Theological Setting*

Malaking tulong din ang mga
1. A. N. Sherwin-White, *Roman Society and Roman Law in the New Testament*
2. Paul Barnett, *Jesus and the Rise of Early Christianity*
3. James S. Jeffers, *The Greco-Roman World*

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. At iba pa.

# MGA GAWA 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pangako ng Espiritu Santo | Paunang Salita | Panimula; ang Buhay na si Kristo | Panimula | Paunang Salita |
| 1:1-5 | 1:1-3 | 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-5 |
| | Ang Ipinangako ng Banal na Espiritu | | | |
| Ang Pag-akyat ni Hesus | 1:4-8 | Ang Pag-akyat | Si Hesus ay Dinala Paitaas sa Langit | Ang Pag-akyat |
| 1:6-11 | | 1:6-11 | 1:6 | 1:6-8 |
| | Pumaitaas si Hesus sa Langit | | 1:7-9 | |
| | 1:9-11 | | | 1:9-11 |
| | | | 1:10-11 | |
| Ang Pagpili sa Kahalili ni Judas | Samasamang Pananalangin sa Silid sa Itaas | Ang Pagtitipon ng Labing-Dalawa | Ang Kahalili ni Judas | Ang Grupo ng mga Apostol |
| 1:12-14 | 1:12-14 | 1:12-14 | 1:12-14 | 1:12-14 |
| | Pinili si Matias | | | Pinalitan si Judas |
| 1:15-26 | 1:15-26 | 1:15-26 | 1:15-17 | 1:15-20 |
| | | | 1:18-19 | |
| | | | 1:20 | |
| | | | 1:21-22 | 1:21-22 |
| | | | 1:23-26 | 1:23-26 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TEKSTO*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabasa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo**

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1-5

**[1]Ang unang kasaysayan na ginawa ko, Oh Teofilo, ay tungkol sa lahat na pinasimulang ginawa at itinuro ni Hesus, [2]Hanggang sa araw na tanggapin siya sa kaitaasan, pagkatapos na makapagbigay siya ng mga utos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa mga apostol na kaniyang hinirang; [3]Na sa kanila nama'y napakita rin siyang buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan, pagkatapos na siya'y makapaghirap, na napakikita sa kanila sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Diyos: [4]At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Herusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin: [5]Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Banal na Espiritu na di na malalaunan pa.**

**1:1 "Ang unang kasaysayan na ginawa ko"** Ito ay ang AORIST AKTIBONG PANDIWARI, sa literal, "ginawa ko." Malinaw na si Lucas ang may-akda ng kapwa Ebanghelyo kay Lucas at ng Mga Gawa (ihalintulad ang Lucas 1:1-4 at Mga Gawa 1:1-2). Ang katagang "kabuuan" ay ginamit sa Griyego para sa maksaysayang salaysay. Samakatuwid (i.e., sa Pangunahing Griyego) isa tao sa tatlong mga nagawa ang ipinapahiwatig nito. Marahil ito'y tiyak na ang pambihirang wakas ng Mga gawa ay maaring pinangatwiranan sa plano ni Lucas na sumulat ng pangatlong kabuuan. Kahit maging sino tao iniisip na yaong tinatawag na Sulat Pastoral (I Timoteo, II Timoteo, at Tito) ay sulat marahil ni Lucas.

▣ **"Teofilo"** Ang pangalang ito ay nabuo mula sa (1) Diyos (*Theos)* at (2) mahal na kapatid (*philos).* Maisasalin ito sa "Maibigin sa Diyos" "kaibigan ng Diyos" o "mahal ng Diyos"

Ang titulong "kagalanggalang" sa Lucas 1:3 ay maaring panggalang na titulo para sa Romanong opisiyal panggobyerno. (cf. Mga Gawa 23:26; 24:3; 26:25), marahil ginamit na kautusan ng mangangabayo sa lipunan ng Romano. Maaring mayroon siya tagatangkilik dahil sa mahusay niyang pagsulat sa literatura, paglilimbag, at sa pagpapakalat ng dalawang aklat ni Lucas. Nakasanayan ng Iglesiya na tawagin siya bilang si T. Flavius Clemens, pinsan ni Domitian (A.D. 24-96).

▣ **"sa lahat na pinasimulang ginawa ni Hesus"** Ito'y tumutukoy sa Ebanghelyo kay Lucas. Nakamamangha nang sabihin ni Lucas na "lahat" ng ginawa ni Hesus, dahil ang Ebanghelyo ni Lucas (katulad lahat ng Synoptic mga Ebanghelyo) ay piling-pili sa ano mang nakatala dito tungkol sa pagtuturo at pamumuhay ni Hesus.

**1:2 "hanggang sa araw na tanggapin siya sa *kaitaasan*"** Ito ay nabanggit sa Lucas 25:51. Tignan sa sumusunod na Natatanging Paksa.

### NATATANGING PAKSA: ANG PAG-AKYAT SA LANGIT

Mayroong iba-ibang salitang Griyego ang mabibilang na ginamit upang ilarawan ang muling pag-akyat ni Hesus sa langit:

1. Gawa 1:2,11,22; *analambanō*, pumaitaas (cf. I Timoteo 3:16), na kung saan ay ginamit din sa Septuagint ng II Hari 2:9,11 para sa pagdadala kay Elias sa langit at maging sa I Maccabeo 2:58
2. Gawa 1:9, *epairō*, buhatin, pataasin, paangatin
3. Lucas 9:51, *analēpsis* (kagaya ng #1)
4. Lucas 24:51, *diistēmi*, lumisan
5. Juan 6:62, *anabainō*, umakyat

Ang kaganapang ito ay hind naitala sa Ebanghelyo kay Mateo o Marcos. Ang Ebanghelyo kay Marcos ay nagwakas sa 16:8, ngunit ang isa sa tatlo na kalauna'y naisalarawan sa dadag ng manunulat ang kaganapan sa 16:19 (i.e., *analambanō*).

▣ **"Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu"** Tignan ang sumusuod na Natatanging Paksa.

### NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang kapangyarihan na gumaganap ng layunin ni YHWH, ngunit hindi nangangahulugan na ito'y personal (i.e., OT monotheismo). Gayon pa tao, sa NT ang lubos na personalidad ng Espiritu ay

naidokumento.

1. Siya na nilalapastangan (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay sumasaksi (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay humahatol, pumapatnubay (cf. Juan 16:7-15)
5. Siya ay tinawag na "Siya" (i.e., *hos*) (cf. Efeso 1:14)
6. Siya na napipighati (cf. Efeso 4:30)
7. Siya na pumapanaw (cf. I Tesalonica 5:19)

Trinidad na teksto (ilan sa tatlo ay narito) na nagpapahayag rin sa tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Ang Espiritu ay magkaugnay sa gawain ng tao.

1. Mga Gawa 15:28
2. Roma 8:26
3. I Corinto 12:11
4. Efeso 4:30

Sa pinakasimula ng Mga Gawa ang tungkulin ng Espiritu ay nabigyang-diin. Ang Pentekostes ay hindi simula ng gawain ng Espiritu, subalit isang panibagong kabanata. Si Hesus ay nananatiling may Espiritu. Ang Kanyang Bautismo ay hind simula sa paggawa ng Espiritu, subalit isang panibagong kabanata. Inihahanda ni Lucas at iglesiya para sa isang kabanata ng mabungang ministeryo. Si Hesus parin ang pokus, ang Espiritu parin ang mabisang kaparaanan at ang pag-ibig ng Ama, kapatawaran, at pagpapanumbalik sa lahat ng mga tao na nilikha sa Kanyang wangis ay ang layunin!

▣ **"makapagbigay ng mga utos"** Ito'y tumutukoy sa impormasyon na nakatala sa Ebanghelyo kay Lucas 24:44-49, sa Mateo 28:18-20, at sa Mga Gawa 1:8.

▣ **"mga utos"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG (deponent) PANDIWARI. Ilan sa mga iskolar ay napansin ito na tumutukoy sa 1:8 (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:45-47 o Lucas 24:49). Ang Iglesiya ay mayroong dalawang sangay na tungkulin:

1. pag-e-ebanghelyo at maka-Kristong paglago; bawat mananampalataya ay kinakailangang umasa sa kapangyarihan ng Diyos at naising matamo ito.
2. sa ilan naman nakikita ito na tumutukoy bilang "maghintay sa Herusalem sapagkat ang Espiritu ay darating at magbibigay kapangyarihan (cf. v. 4; Lucas 24:49)

▣ **"mga apostol"** Tingnan ang talangguhit ng mga pangalan ng Apostol sa 1:13

▣ **"Kanyang hinirang"** "Hinirang" (*eklegō*, AORIST AKTIBONG PANDIWARI) ay ginamit sa dalawang kahulugan. Karaniwan sa OT ito'y tumutukoy sa paglilingkod, hindi kaligtasan, ngunit sa NT ito'y tumutukoy sa Espirituwal na kaligtasan. Makikita dito na ito'y tumukoy ng kapwa pananaw (cf. Lucas 6:13).

**1:3 "napakita rin Siyang buhay"** Marahil ito'y tumutukoy sa tatlong pagpapakita ni Hesus sa silid sa itaas sa buong mga alagad sa magkakasunod na tatlong Linggo ng gabi (cf. I Corinto 15:5-8). Ang pagkabuhay ni Hesus ay napakahalga sa pagkatotoo ng Ebanghelyo (cf. 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:35; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; at lalo na sa I Corinto 15:12-19,20). Ang sumusunod ay isang talangguhit ng pagpapakita matapos ng pagkabuhay ayon kay Pablo Barnett, *Hesus at the Rise of Early Kristiyanismo*, p. 185.

| Juan | Mateo | Lucas | I Corinto |
|---|---|---|---|
| | ***Pagpapakita sa Herusalem*** | | |
| Maria (Juan 20:15) | | | |
| | Kababaihan (Mateo 28:9) | | |
| | | Simon (Lucas 24:34) | Cefas (I Corinto 15:5) |
| | | ang dalawa sa daan pa-Emaus (Lucas 24:15) | |
| | | mga alagad (Lucas 24:36) | ang Labindalawa (I Corinto 15:5) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| sampung alagad (Juan 20:19) | | | |
| labing-isang alagad (Juan 20:26) | | | |
| | ***Pagpapakita sa Galilea*** | | |
| | | | 500+ mananampalataya (I Corinto 15:6; maaring kaugnay sa Mateo 28:16-20) |
| | | | Santiago (I Corinto 15:7) |
| pitong alagad (Juan 21:1) | | | |
| | ang mga alagad (Mateo 28:16-20) | | |
| | ***Pagpapakita sa Herusalem*** | | |
| | | ang Pag-akyat (Lucas 24:50-51) | lahat ng mga alagad (I Corinto 15:7) |

▣
**NASB, NRSV,**
**NIV** **"sa pamamagitan ng maraming mga katunayan"**
**NKJV** **"sa pamamagitan ng maraming mga kasiguruhan"**
**TEV** **"malimit sa pamamaraan na napatunayang walang duda"**
**NJB** **"sa pamamagitan ng maraming pagpapakita"**

Ang salitang *tekmērion* ay ginamit lamang dito sa NT. Mayroong isang mabuting pagtalakay ng salitang ginamit sa literaturang Griyego sa Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, p. 628, na ang kahulugan ay "demostratibong ebidensya." Ang salitang ito rin ay ginamit sa Awit ni Solomon 5:11; 19:3 at III Macabeo 3:24.

▣ **"pagkatapos na Siya'y makapaghirap"** Ito ay may malaking kahirapan sa mga mananampalatayang Hudyo na tanggapin itong aspeto ng Ebanghelyo (cf. I Corinto 1:23). Ang pagpapakasakit ng Mesias ay nabanggit sa OT (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; Zacarias 10:12; at pansinin sa Lucas 24:45-47). Ito ay isang pangunahing teolohikong patunay ng pang-apostol na pangangaral (*kerygma*; tignan ang Natatanging Paksa sa 2:14).

Madalas na ginagamit ni Lucas ang AORIST AKTIBONG PANDIWARI na *paschō* (magbata) na tumukoy sa pagkakapako sa krus ni Hesus (cf. Lucas 9:22; 17:25; 22:15; 24:26,46; Mga Gawa 1:3; 3:18; 9:16; 17:3). Nakuha ito ni Lucas mula sa Ebanghelyo kay Marcos (cf. 8:31).

▣ **"na napakikita sa kanila"** Dito mayroon tayong sampu o labing-dalawang mga ulat ng pagpapakita matapos ang pagkabuhay ni Hesus na naitala sa NT. Gayun pa tao, ang mga ito'y kumakatawan na mga halimbawa at hindi isang mapagpaliwanag na tala. Tila si Hesus ay dumarating at umaalis sa panahon na yaon, ngunit hindi nanatili sa sinumang grupo.

## NATATANGING PAKSA: MGA PAGPAPAKITA NI HESUS PAGKATAPOS NG MULING PAGKABUHAY

Nagpakita sa Hesus ng Kanyang saril sa maraming mga tao upang magpatunay sa kanyang muling pagkabuhay.

1. Ang mga kababaihan sa libingan, Mateo 28:9
2. Ang labing-isang mga alagad, Mateo 28:16
3. Simon, Lucas 24:34
4. Dalawang lalaki, Lucas 24:15
5. Mga alagad, Lucas 24:36
6. Maria Magdalena, Juan 20:15
7. Sampung mga alagad, Juan 20:20
8. Labing-isang mga alagad, Juan 20:26
9. Pitong mga alagad, Juan 21:1
10. Cephas (Pedro), I Corinto 15:5
11. Ang labing-dalawa (mga Apostol), I Corinto 15:5
12. 500 na mga kapatiran, I Corinto 15:6 kasama ng Mateo 28:16-17

13. Santiago (Kanyang pang-lupang pamilya), I Corinto 15:7
14. Lahat ng mga Apostol, I Corinto 15:7
15. Si Pablo, I Corinto 15:8 (Gawa 9)

Maliwanag na ang ilan sa mga ito ay tumutukoy sa katulad na pagpapakita. Nais ni Hesus na malaman nila na walang alintangan na Siya ay muling nabuhay!

▣ **"apat na pung araw"** Ito ay isang katagang OT na isang mahabang kapanahunan sa walang tiyak na takdang panahon, mas mahaba kaysa sa isang buong buwan. Narito ay naihalintulad ang panahon sa pagitan ng taunang kapistahan ng Paskua ng mga Hudyo at ng Pentecostes (na ito'y limampung araw). Si Lucas lamang ang pinagmulan ng impormasyong ito. Yamang ang takdang panahon ng pag-akyat ni Hesus sa Langit ay hind ang pangunahing usapin (wala maging sa mga kilala nang Kristiyanong manunulat hanggang sa ika-apat na siglo A.D.), mayroon pang ibang layunin para sa bilang. Ito'y maihahambing kay Moises sa bundok ng Sinai, Israel sa ilang, naranasang pag-udyok kay Hesus, o maaring hind lang natin batid, ngunit malinaw na hindi ang panahon ang usapin.

## NATATANGING PAKSA: SIMBOLIKONG MGA BILANG SA KASULATAN

A. Ilang mga bilang ay gumaganap bilang kapwa pang numero at simbolo.
   1. Isa – Diyos (e.g., Deutronomio 6:4; Efeso 4:4-6)
   2. Apat – ang buong mundo (i.e., Apat na mga sulok, Apat na mga hangin)
   3. Anim – pantaong di-kaganapan (kulang ng isa sa 7, e.g., Pahayag 13:18)
   4. Pito – banal na perpeksyon (ang pitong mga araw ng paglikha). Pansinin ang simbolikong pagkakagamit sa Pahayag:
      a. pitong mga kandelero, 1:12,20; 2:1
      b. pitong mga bituin, 1:16,20; 2:1
      c. pitong mga iglesya, 1:20
      d. pitong mga espiritu ng Diyos, 3:1; 4:5; 5:6
      e. pitong mga lampara, 4:5
      f. pitong mga selyo, 5:1,5
      g. pitong mga sungay at pitong mga mata, 5:6
      h. pitong mga anghel, 8:2,6; 15:1,6,7,8; 16:1; 17:1
      i pitong mga trumpeta, 8:2,6
      j. pitong mga kulog, 10:3,4
      k. pitong libo, 11:13
      l. pitong mga ulo, 13:1; 17:3,7,9
      m. pitong mga salot, 15:1,6,8; 21:9
      n. pitong mga mangkok, 15:7; 21:9
      o. pitong mga hari, 17:10
   5. Sampu – kapunuan
      a. gamit ng mga Ebanghelyo
         (1) Mateo 20:24; 25:1,28
         (2) Marcos 10:41
         (3) Lucas 14:31; 15:8; 17:12,17; 19:13,16,17,24,25
      b. ginamit sa Pahayag
         (1) 2:10, sampung mga araw ng tribulasyon
         (2) 12:3; 17:3,7,12,16, sampung mga sungay
         (3) 13:1, sampung mga korona
      c. kalipunan ng mga 10 sa Pahayag
         (1) 144,000 = 12x12x1000, cf. 7:4; 14:1,3
         (2) 1,000 = 10x10x10, cf. 20:2,3,6
   6. Labindalawa – samahan ng mga tao
      a. labindalawang mga anak ni Jacob (i.e., labindalawang mga tribu ng Israel, Genesis 35:22; 49:28)
      b. labindalawang mga pader, Exodo 24:4

c. labindalawang mga bato sa kalasag ng Punong Saserdote, Exodo 28:21; 39:14
d. labindalawang mga tinapay, para sa hapag ng Banal na Lugar (simbilo ng probisyon ng Diyos para sa labindalawang mga tribu), Levitico 24:5;Exodo 25:30
e. labindalawang mga espiya, Deutronomio 1:23; Josue 3:22; 4:2,3,4,8,9,20
f. labindalawang mga apostol, Mateo 10:1
g. paggamit sa Pahayag
(1) labindalawang libong tinatakan, 7:5-8
(2) labindalawang mga bituin, 12:1
(3) labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel, labindalawang mga tribu, 21:12
(4) labindalawang mga pundasyong bato, mga pangalan of the labindalawang apostol, 21:14
(5) Bagong Herusalem ay ang labindalawang libong estadya parisukat, 21:16
(6) labindalawang mga tarangkahan na ginawa ng labindalawang mga perlas, 21:12
(7) puno ng buhay kasama ang labindalawang mga uri ng bunga, 22:2

7. Apatnapu – bilang para sa panahon
a. minsan literal (exodus at sa paglalagalag sa ilang, e.g., Exodo 16:35); Deutronomio 2:7; 8:2
b. maaring literal o simboliko
(1) baha, Genesis 7:4,17; 8:6
(2) si Moses sa Mt. Sinai, Exodo 24:18; 34:28; Deutronomio 9:9,11,18,25
(3) pagkakahati-hati ng buhay ni Moses:
(a) Apatnapung mga taon sa Ehipto
(b) Apatnapung mga taon sa desyerto
(c) Apatnapung mga taon sa pangunguna sa Israel
(4) Si Hesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw, Mateo 4:2; Marcos 1:13; Lucas 4:2
c. Pansinin (sa pamamagitan ng isang Konkordans) ang bilang ng beses ang numerong ito ay lumitaw sa panahong designasyon sa Bibliya!

8. Pitumpu – kumpletong bilang para sa tao
a. Israel, Exodo 1:5
b. pitumpung mga matatanda, Exodo 24:1,9
c. eskatolohikal, Daniel 9:2,24
d. misyong koponan, Lucas 10:1,17
e. pagpapatawag (70x7), Mateo 18:22

B. Mabuting mga sanggunian
1. John J. Davis, *Biblical Numerology*
2. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hook*

▣ **"nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Diyos"** Ang mga Gnostics ay inangking si Hesus ay naglantad ng lihim na impormasyon sa kanilang samahan noong sa panahon sa pagitan ng Paskua at Pentecostes. Ito ay tiyak na kasinungalingan. Gayon pa tao, dahil sa salysay ng dalawa sa daan ng Emaus ay isang patunay na halimbawa ng katuruan tungkol sa matapos na muling pagkabuhay ni Hesus. Sa aking palagay si Hesus, Siya mismo, ay nagpakita sa mga pinuno ng iglesia mula sa Lumang Tipan, ang mga hula at pangungusap na kaugnay sa Kanyang pamumuhay, pagkamatay, pagkabuhay na mag-uli at Muling Pagbabalik. Tignan ang Natatanging Paksa:

## NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15; 44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36). Si Juan Bautista ay ipinahayag ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2; Marcos 1:15). Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, "ang kaharian ng Diyos." Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na

sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , ginamit na karaniwang designasyon, isang paggamit ng pangalan ng pagka-Diyos.

Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito'y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabula ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang "walang hanggang buhay" ay ang susing talinghaga.

The pag-igting (tensyon) sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay tumuon lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalik—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pang-Hudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit balang-araw ay maghahari sa buong sanlibutan. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataya ay namumuhay sa "nangyari na" laban sa "ang hindi pa" sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart, *How to Read The Bible For All Its Worth*, pp. 131-134).

**1:4**
**NASB** **"nakikipag pulong sa kanila"**
**NKJV** **"magkatipon na kasama nila"**
**NRSV** **"habang namamalagi sa kanila"**
**TEV** **"Noong sila'y dumalong magkakasama"**
**TEV[b]** **"habang siya'y namamalagi sa kanila" NIV**
**"habang siya'y nakikikain sa kanila"**
**NJB** **"habang nasa hapag kasama nila"**

Mga Talata 4-5 gumamit ng isang pagpapakita ni Hesus bilang isang halimbawa ng isa sa ilang mga pagpapakita at mga patunay. Ang katawagang *sunalizomenos* ay maaring baybayin ng iba pa. Sa pagbaybay mababago ang kahulugan.

1. mahabang a – magtipun/tipunin
2. maikling a – nakikain (sa literal "may asin")
3. au (diptonggo) – namalagi

Ito ay walang katiyakan kung alin ang nilalayon, ngunit sa Lucas 24:41-43 (cf. Juan 21) naglalarawan na si Hesus ay kumain kasama ng samahang pang-apostol, na kung saan na naging katunayan ng Kanyang muling pagkabuhay, pisikal na katawan (cf. v. 3).

▣ **"huwag silang magsialis sa Herusalem"** Ito ay naitala sa Lucas 24:49. Ang unang bahagi ng Mga Gawa ay isang pagbalik tanaw sa hulihan ng ebangelio ni Lucas, maaring isang pampanitikang paraan ng pag-uugnay ng dalawang aklat.

▣ **"hintayin ang pangako ng Ama"** Sa 2:16-21 iniugnay ito ni Pedro sa eskatolohikong paghula ng Joel 2:28-32. Sila'y naghintay ng sampung araw hanggang Pentekostes. Si Lucas ay tiyakang tinawag na "ang pangako ng Ama" bilang Banal na Espiritu (cf. Lucas 24:49; Gawa 2:23). Si Hesus noong una'y nagwika sa kanila tungkol sa pagdating ng Espiritu sa Juan 14-16. Gayon pa tao, ito ay maaring si Lucas ay nauunawaan ang pangako ng Ama hind bilang isang bagay lamang (i.e., ang Banal na Espiritu), subalit maging ang OT na naipaangakong pagliligtas ay maihahatid sa Israel sa persona ng Mesias (cf. Mga Gawa 2:39; 13:23,32; 26:6).

▣ **"Ama"** Naipakilala ng OT ang malapit na kilalang talinghaga ng Diyos bilang Ama:

1. ang bansang Israel ay malimit isalarawan bilang "anak" ng YHWH (cf. Oseas 11:1; Malakias 3:17)
2. sa Deuteronomio ang pagkakatulad ng Diyos bilang Ama ay ginamit (1:13)
3. sa Deuteronomio 32:6 ang Israel ay tinawag na "kanyang anak" at ang Diyos ay tinawag na "iyong Ama"
4. ang pagkakatulad na ito ay nailahad sa Mga Awit 103:13 at umunlad sa Mga Awit 68:5 (ang Ama ng mga ulila)
5. ito'y pangkaraniwan na sa mga propeta (cf. Isaias 1:2; 63:8; Israel bilang anak, Diyos bilang Ama, 63:16; 64:8; Jeremias 3:4,19; 31:9)

Si Hesus ay nagsalita sa Arameik, na nangangahulugang marami sa mga bahaging naroon ang "Ama" makikita bilang Griyegong *Pater* ay maaring paliwanagin ang Arameik *Abba* (cf.14:36).Itong kilalang katawagan na "Tatay" o "itay" ay nagpapakita na malapit si Hesus sa Ama. Ang pagpapakita Niya nito sa Kanyang mga tagasunod ay nagpapaalala rin ng ating pagiging malapit sa Ama. Ang katawagang "Ama" ay bihirang nagamit sa OT (at hind malimit sa rabinikong panitikan) ukol kay YHWH, ngunit si Hesus ay ginagamit ito malimit at laganap. Ito ay isang pangunahing pagpapahayag ng bagong kaugnayan ng mga mananampalataya sa Ama sa pamamagitan ni Kristo (cf. Mateo 6:9)

**1:5 "Juan"**Lahat sa apat na mga Ebanghelyo (cf. Mateo 3:1-12; Marcos 1:2-8; Lucas 3:15-17; Juan 1:6-8,19-28) ay nagsabi tungkol sa ministeryo ni Juan Bautismo. "Juan" ang pinaikling uri ng Hebreong pangalan na Johanan (BDB 220), na ang ibig sabihin ay "YHWH ay dakila" o "kaloob ni YHWH." Ang kanyang pangalan ay makahulugan dahil, katulad sa lahat ng mga

pangalan sa bibliya, nakatakda iyon ukol sa layunin ng Diyos sa kanyang buhay.

▣ **"nagbautismo ng tubig"** ang Bautismo ay isang karaniwang panimulang seremonya sa gitna ng mga Judio sa una at pangalwang siglo, ngunit nauukol lamang sa mga nagbagong-loob. Kung ang isang tao na mula sa isang Gentil na pinanggalingan hinangad na maging ganap na anak ng Israel, kailangan niyang tuparin ang tatlong mga gawain:

1. pagtutuli, kung lalake
2. kusang pagpapabautismo sa pamamagitan ng paglubog, sa presensya ng tatlong mga saksi
3. isang pagsasakripisiyo sa Templo kung maari

Sa mga grupo ng kalihim sa unang siglong Palestina, kagaya ng Essenes, ang bautismo ay tila isang pangkaraniwan, mulit-muling pinagdadaanan.

Gayunman, sa pangunahing Judaismo, ang panuntunang ritwalismo ay maaaring tukuyin sa ganitong paglilinis:

1. bilang isang simbulo ng espirituwal na paglilinis (cf. Isaias 1:16)
2. bilang isang karaniwang ritwal na isinasakatuparan ng mga saserdote (cf. Exodo 19:10; Levitico 15)
3. isang karaniwang pamamaraang ritwal bago pumasok sa templo upang sumamba

▣ **"datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Banal na Espiritu"** Ito ay isang PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay maaaring tumukoy kay Hesus dahil sa Mateo 3:11; Lucas 3:16. Ang pang-ukol na *ev* ay maaaring mamangahulugang "sa," "kasama," o "sa pamamagitan ng" (i.e., instrumento, cf. Mateo 3:11). Ang pariralang ito ay maaaring tumukoy ng dalawang mga pangyayari: (1) ang pagiging isang Kristiyano, (cf. I Corinto 12:13) o (2) sa kontekstong ito, ang ipinangakong pagbubuhos ng espiritwal na kapangyarihan para sa mabisang ministeryo. Si Juan de Bautista ay madalas na isinasabi ang ministeryo ni Hesus sa ganitong parirala, (cf. Mateo 3:11; Marcos 1:8; Lucas 3:16-17; Juan 1:33).

Ito ay kasalungat sa bautismo ni Juan. Ang Messias ay pamgpapasimula ng bagong panahon ng Espiritu. Ang kanyang bautismo ay magiging kasama ng (o "sa" o "sa pamamagitan ng") Espiritu. Mayroong maraming pagtalakay sa mga denominasyon sa kung anong pangyayari sa karanasang Kristiyano ang maaaring pinatutungkulan nito. Ang ilan ay nagsasabing ito ay tumutukoy sa isang karanasang pagpapalakas pagkatpos ng kaligtasan, isang uri ng pangalawang pagpapala. Sa aking palagay, ito ay tumutukoy sa pagiging isang Kristiyano (cf. I Corinto 12:13). Hindi ko itinatanggi ang mga susunod pang pagpupuno at mga pagpapalakas, ngunit ako ay naniniwalang mayroong lamang isang panimulang espiritwal na bautismo kay Kristo kung saan ang mga mananampalataya ay kasama sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus (cf. Roma 6:3-4; Efeso 4:5; Colosas 2:12). Ang panimulang gawaing ito ng Espiritu ay isinalasay sa Juan 16:8-11. Sa aking pagkakaunawa, ang mga gawa ng Banal na Espiritu ay:

1. paghahatol ng kasalanan
2. paghahayag ng katotohanan patungkol kay Kristo
3. pangunguna sa pagtanggal ng ebanghelyo
4. pagbabautismo kay Kristo
5. pag-uudyok sa mga mananampalataya na nagpapatuloy sa kasalanan
6. pagbubuo ng wangis ni Kristo sa mananampalataya

▣ **"na di na malalaunan pa"** Ito ay isang sanggunian sa Hudyong pista ng Pentecost na magaganap, pitong linggo pagkatapos ng Paskwa. Kinikilala nito ang pagmamay-ari ng Diyos sa aning butil. Ito ay dumating limampung araw pagkatpos ng Paskwa (cf. Levitico 23:15-31; Exodo 34:22; Deuteronomio 16:10).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:6-11

**[6]Tinanong nga siya nila nang sila'y nangagkakatipon, na nangagsasabi, Panginoon, isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito?" [7]At sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan. [8]Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Banal na Espiritu: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Herusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." [9]At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang siya'y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas; at siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin. [10]At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit; [11]Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Hesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit."**

**1:6 "inanong nga siya nila"** Ang DI-GANAP NA PANAHUNAN na nangangahulugan na alinman sa inuulit na pagkilos sa nakalipas na panahon o ang pagsisimula ng isang pagkilos. Tila ang mga alagad ay tinanong na ito nang maraming beses.

▣ **"Panginoon"** Ang Griyegong terminong "Panginoon" *(kurios)* ay maaaring gamiting sa isang pangkalahatang kaunawaan o sa isang maunlad na teolohikong kaunawaan. Ito ay maaaring mangahulugang "mister," "ginoo,"

"panginoon," "may-ari" "asawang lalaki" o "ang ganap na Diyos-tao" (cf. Juan 9:36, 38). Ang OT (Hebreo, *adon*) paggamit ang terminong ito ay nagmula sa pag-aatubili ng mga Hudyo na banggitin ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, YHWH, na isang anyo ng Hebreong PANDIWA na "ako nga" (cf. Exodo 3:14). Sila ay natatakot na sumuway sa Kautusan na nagsasabing, "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan" (cf. Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11). Samakatuwid, kanilang iniisip na kung hindi nila ito mabibigkas, hindi nila ito magagamit sa walang kabuluhan. Kaya nga, pinalitan nila ito ng Hebreong salitang *adon,* na may kahalintulad sa Griyegong salita na *kurios* (Panginoon). Ang mga may-akda sa NT ay ginagamit ang terminong ito upang ilarawan ang buong pagka-Diyos ni Kristo. Ang pariralang "si Hesus ay Panginoon" ay isang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya at isang pang-bautismong pormula ng sinaunang iglesiya (cf. Roma 10:9-13; I Corinto 12:3; Filipos 2:11).

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
   2. Sa Canaanite na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
   3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
      a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
      b. *El-Roi* ("Ang Diyos na nakakakita" o "Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
      c. *El-Shaddai* ("Makapangyarihang Diyos" or "Diyos ang Lahat ng Pagkahabag" o "Ang Diyos ng Kabundukan," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
      d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
      e. *El-Berit* ("Ang Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46
   4. Ang *El* ay itinutumbas sa
      a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
      b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
      c. *Shaddai* in Genesis 49:25
      d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
      e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
      f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
      g. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
      h. "aking matatag na kanlungan" sa II Samuel 22:33
      i. "aking tagapaghiganti" sa II Samuel 22:48
      j. "nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
      k. "lakas" sa Isaias 10:21
      l. "aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
      m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
      n. "ganti" sa Jeremias 51:56
   5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
   1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
   2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
      a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
      b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
      c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
      d. *El* – Bilang 24:16
      e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
   3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.
      a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
      b. Balaam, Bilang 24:16
      c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
      d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong

*Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua 24:2).
3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104). It ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*) ay katulad na katulad ng Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng mga pangalang ng pagka-Diyos (dibino).
6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHAN PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (monoteisko)
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga di-Israelita bilang pangalan para sa pagka-diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, kapag nagsasalita sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
   a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na "ang pangmaramihan ng maharlika," kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
   b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Awit 103).

   Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.
2. Sa Genesis 4:26 sinasabing "pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON" (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El–Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
   a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, "maipakita ang maalab na pagmamahal"
   b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat "umihip" (YHWH bilang Diyos ng unos)
   c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat "magsalita"
   d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Isang nagbibigay-lakas," o "ang Isang nagtatatag"
   e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo "ang Isang siya," o "ang Isang umiiral" (sa panghinaharap na diwa, "ang Isang iiral")
   f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagdudulot ng pag-iral"
   g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na "mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang "ang

nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang"

h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, "Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati" o "Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Lumang Tipan*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.

    (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
    (2) *Yahu* ("iah" katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
    (3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Joshua o Joel)

3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "puno," "husband," "panginoon"—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng "panginoon." Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.

4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.

    a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
    b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
    c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
    d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
    e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
    f. *YHWH – Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta
    g. *YHWH – Ro'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1
    h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
    i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

▣ **"isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito"** Sila ay mayroon pa ring lubusang pang-Hudyong makabansang pananaw (cf. Mga Awit 14:7; Jeremias 33:7; Osea 6:11; Lucas 19:11; 24:21). Maaari pa nga silang humuhiling mga pwesto sa pamahalaan.

Ang teolohikong katanungan ay patuloy pa ring nagdudulot ng malaking pagtatalo. Nais kong isama sa bahaging ito ang kaing komentaryo sa Pahayag (tingnan ang www.freebiblecommentary.org ) na nagtatalakay ng naturang isyu.

"Ang OT mga propeta ay naghula sa isang restorasyon ng isang Hudyong kaharian sa Palestina na nakasentro sa Jerusalem kung saan lahat ng mga bansa ng mundo ay nagsama upang magpuri at maglingkod sa isang makaDabvid na pinuno, ngunit alinman kina Hesus o mga NT Apostoles ay nagpokus sa adyendang ito. Hind ba ang OT ay kinasihan (cf. Mateo 5:17-19)? Ang NT mga may-akda ay inalis ang krusyal na pangwakas na panahon mga pangyayari?

May ilang mga pinagkukunan na impormasyon patungkol sa katapusan ng mundo:

1. OT mga propeta (Isaiaeh, Micah, Malachi)
2. OT apokaliptiko na mga manunulat (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12; Zech.)
3. intertestamental, di-kanonikal na Hudyo apokaliptikong mga manunulat (gaya ng I Enoch, na ipinahiwatig sa Jude)
4. Si Hesus Mismo (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)
5. ang mga kasulatan ni Pablo (cf. I Corinto 15; II Corinto 5; I Tesalonica 4-5; II Tesalonica 2)
6. ang mga kasulatan ni Juan (I Juan at Pahayag).

Ang lahat ba ng mga ito ay malinaw na nagturo ng malinawse na pangwakas na panahon adyenda (pangyayari, kronolohiya, mga persona)? Kung hindi, bakit? Ang mga ito ay hindi lahat kinasihan (maliban sa Hudyo intertestamental mga kasulatan)?

Ang Espiritu ay ipinahayag na mga katotohanan na OT na mga manunulat sa mga termino at mga kategorya na mauunawaan nila. Gayunpaman, sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan ng Espiritu ay pinalawak ang mga OT eskatolohikal mga konsepto sa isang unibersal na sakop ("ang misteryo ni Kristo," cf. Efeso 2:11- 3:13. Tignan Natatanging Paksa sa 10:7). Narito ang ilang mga kaugnay na mga halimbawa:

1. Ang bayan ng Jerusalem sa OT ay ginamit bilang isang metapora ng bayan ng Diyos (Zion), ngunit itinuro tungo sa NT bilang isang termino na nagpapahayag ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng nagsisi, naniniwalang mga tao (ang bagong Jerusalem ng Pahayag 21-22). Ang teolohikal na pagpapalawak ng isang literal, pisikal

na bayan tungo sa bagong bayan ng Diyos (naniniwalang mga Hudyo at mga Hentil) ay nagbabala sa pangako ng Diyos sa tinubos ng makasalanang sanglibutan sa Genesis 3:15, bago pa tao ang anumang mga Hudyo o isang Hudyong kapital na bayan. Maging pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3) nagsangkot sa mga Hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5).

2. Sa OT ang mga kaaway ng bayan ng Diyos' ay ang mga nakapaligid na mga bansa sa Sinaunang Near East, ngunit sa NT sila ay mas pinalawak sa lahat ng mga di-naniniwala, laban sa Diyos, makaSatanas na kinasihang mga tao. Ang labanan ay napunta mula sa isang heograpikal, panrehiyon na sagupaan tungo sa isang pandaigdigan, kosmilong sagupaan (cf. Colosas).
3. Ang pangako ng isang bayan na napaka kasama sa OT (ang Patriyarkal na mga pangako ng Genesis, cf. Genesis 12:7; 13:15; 15:7,15; 17:8) ay ngayong naging pangbuong mundo. Ang bagong Jerusalem ay bumaba mula sa muling nilikhang daigdig, hindi ang Near East lamang o ekskulsibo (cf. Pahayag 21-22).
4. Ilang mga halimbawa ng OT propetikong mga konsepto na pinalawaka ay:
   a. ang binihi ni Abraham ay ngayon ang espiritwal na tinuli (cf. Roma 2:28-29)
   b. ang tipanang bayan ay ngayon ay nagsasama sa mga Hentil (cf. Osea 1:10; 2:23, sinipi sa Roma 9:24-26;gayundin ang Levitico 26:12; Exodo 29:45, sinipi sa II Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deutronomio 14:2, sinipi sa Titus 2:14)
   c. ang templo ay ngayon si Hesus (cf. Mateo 26:61; 27:40; Juan 2:19-21) at sa pamamagitan Niya ang lokal na iglesya (cf. I Corinto 3:16) at ang indibidwal na mga mananampalataya (cf. I Corinto 6:19)
   d. maging ang Israel at ang mga katangiang naglalarawan sa OT na mga parirala ay ngayon tumutukoy sa buong bayan ng Diyos (i.e., "Israel," cf. Roma 9:6; Galacia 6:16, i.e., "kaharian of saserdotes," cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang propetikong modelo (i.e., D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning-Hooks*) ay natupad, pinalawak, at ngayon ay mas eksklusibo. Si Hesus at ang Apostolikong mga manunulat ay hindi nagpresenta ng pangwakas na panahon sa kaparehong paraan na gaya ng sa OT mga propeta (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga modernong mga interpreter na nagsubok na gawin ang OT model na literal r normatibo ay nabaluktot ang Pahayag tungo sa pinaka Hudyong aklat at pinilit na kahulugan tungo sa pinaliit, may kalabuan na mga parirala ni Hesus at Pablo! Ang NT mga manunulat ay hindi inalis ang OT mga propeta, ngunit ipinakita ang kanilang sukdulang unibersal na implikasyon."

**1:7**

**NASB "Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan"**
**NKJV "Hindi para sa inyo ang pagkaalam ng oras o mga panahon"**
**NRSV "Hindi para sa inyo ang pagkaalam ng mga oras o mga yugto"**
**TEV "ang mga oras at mga kanahunan"**
**NJB "Hindi para sa inyo ang pagkaalam ng panahon o mga petsa"**

The terminong "mga panahon" (*chronos*) ay nangangahulugang "mga yugto ng panahon" o "mga panahon" (i.e., ang paglipas ng panahon), habang ang terminong "mga kapanahunan" (*kairos*) ay nangangahulugan ng "oras ng partikular na mga pangyayari o mga kapanahunan" (cf. Tito 1:2-3). Louw at Nida: *Greek-English Lexicon*, ay nagsasabing sila ay magkasing kahulugan na payak na pinapahayag ang tagal ng panahon (cf. I Tesalonica 5:1). Ito ay maliwanag na ang mga mananampalataya ay hindi sinusubukang itakda ang mga partikular na petsa; kahit na si Hesus ay hindi Niya alam ang oras ng Kanyang pagbabalik (cf. Mateo 24:36; Marcos 13:32). Ang mga mananampalataya ay maaaring malaman ang pangkalahatang yugto, ngunit sila ay kailangang maging handa at masigasig para sa aktwal na mga pangyayari sa lahat ng panahon (cf. Mateo 24:32-33). Ang kambal na pagbibigay-diin sa NT patungkol sa Pangalawang Pagdating ay manatiling **masigasig** at **maging handa.** Ang nalalabing bahagi ay para sa Diyos!

**1:8 "Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan"** Pansinin na ang pagdating ng Banal na Espiritu ay nauugnay sa kapangyarihan at pagpapatotoo. Mga Gawa ay patungkol sa "patotoo" (i.e., *martus*). Ang paksang ito nangingibabawa sa aklat (cf. 1:8,22; 2:32; 3:15; 5:32; 10:39,41; 13:31; 22:15,20; 26:16). Ang iglesiya ay pinagkalooban ng kanyang tungkulin—magpatotoo sa ebanghelyo ni Kristo (cf. Lucas 24:44-49)! Ang mga Apostol na mga saksi ng buhay at katuruan ni Hesus, ngayon, sila ay mga saksi patungkol sa Kanyang buhay at mga katuruan. Ang mabisang pagpapatotoo ay nagaganap lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

Ito ay nakakawili na ang *The Jerome Biblical Commentary* (p. 169) tinala ang pagkiling ni Lucas na ipahayag ang "naantalang paraousia." Dito ang sipi.

"Ang Espiritu ay ang kahalili ng *Parousia.* Ito ay ang kapangyarian ni *alla*, 'ngunit,' ang pangatnig na nag-uugnay ng dalawang bahagi ng tugon ni Hesus. Ang Espiritu ay ang prinsipyo ng nagpapatuloy na Kristiyanong pag-iral sa pagong panahon ng sagradong kasaysayan, ang panahon ng iglesiya at misyon. Ang mga katotohanang ito ay kailangang maganap sa isang maagang *Parousia* bilang punto ng pagtuon ng Kristiyanong kabatiran. Ang Espiritu sa Iglesiya ay ang tugon ni Lucas sa suliranin ng naantalang *Parousia* at ang pagpapatuloy ng kasaysayan."

▣ **"Herusalem. . .Judea. . .Samaria. . . kahulihulihang hangganan ng lupa"** Ito ay isang geograpikong balangkas ng Mga Gawa:

1. Herusalem, mga kabanata 1-7
2. Judea at Samaria, mga kabanata 8-12
3. hangganan ng lupa (i.e., Roma), mga kabanata 13-28.

Ang balangkas na ito ay maaaring magpahayag ng pampanitikang balangkas at layunin ng may-akda. Ang Kristiyanismo ay hindi isang sekta ng Judaismo, ngunit isang pangmundong samahan ng isang tunay na Diyos na nagsasakatuparan ng Kanyang OT mga pangako upang ipanumbalik ang mapanghimagsik na sangkatauhan sa pakikipag-ugnayan sa Kanya (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5; Isaias 2:2-4; 56:7; Lucas 19:46).

Ang pariralang "kahulihulihang hangganan ng lupa" ay muling ginamit sa 13:47, kung saan ito ay isang sipi mula sa Isaias 49:6, isang pang-Mesias na teksto na binabanggit din ang "isang liwanag sa mga bansa." Isang Tagapagligtas (cf. Genesis 3:15) para sa mga bansa (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6; Isaias 2:2-4) ang palagiang plano ng Diyos.

Ang mga unang pinuno ng mga Hudyo, na nalalaman ang Septuagint at ang maraming mga pangakong propesiya ni YHWH sa pagpapanumbalik ng Herusalem, pagpapatatag ng Herusalem, pagdadala ng mundo sa Herusalem, ay inasahan ang mga ito na matutupad nang literal. Sila ay nanatili sa Herusalem (cf. 8:1). Ngunit ang ebanghelyo pinagbago nang lubusan at pinalawig ng mga konsepto sa OT. Ang kautusang laganap sa buong mundo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8) ay nag-atas na ang mga mananampalataya ay humayo sa lahat ng dako ng mundo, huwag nang maghintay na dumating ang mundo sa kanila. Ang Herusalem sa NT ay isang talinghaga para sa langit (cf. Pahayag 21:2), hindi isang lungsod sa Palestina.

## NATATANGING PAKSA: MGA PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo or Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

**1:9 "dinala siya sa itaas"** Ang pangyayaring ito ay kilala bilang ang Pag-akyat sa Langit. Ang muling nabuhya na si Hesus ay ay bumalik sa Kanyang lugar ng kaluwalhatian bago pa tao lalangin ang mundo (cf. Lucas 24:50-51; Juan 6:22; 20:17; Efeso 4:10; I Timoteo 3:16; Hebreo 4:14; at I Pedro 3:22). Ang di-inaasahang kinatawan ng BALINTIYAK TINIG ay ang Ama. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pag-akyat sa Langit sa 1:2.

Pansinin ang pagkakaiba sa mga PANDIWA na ginamit upang ilarawan ang pag-akyat sa langit na ito.

1. "tinanggap sa kaitaasan," v. 2 – AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG
2. "dinala sa itaas," v. 9 – AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG
3. "tinanggap sa langit," v. 11 (katulad na PANDIWA sa v. 2) – AORIST BALINTIYAK PANDIWARI
4. "dinala sa itaas sa langit," Lucas 24:51 (pagkakaibang tekstwal) – DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pag-akyat sa Langit sa 1:2.

▣ **"alapaap"** Ang mga ulap ay isang mahalagang eskatolohikong palatandaan. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: PAGPARITO SA GITNA NG MGA ULAP

Ang pariralang ito ay isang halatang sangunian sa Ikalawang Pagparito ni Kristo. Ang pagparito na ito sa gitna ng mga ulap ay napakahalagang eskatolohikal na tanda. Ito ay ginamit sa tatlong magkakaibang mga paraan sa OT. Upang ipakita ang pisikal na presensya ng Diyos, ang *Shekinah* ulap ng Kaluwalhatian (cf. Exodo 13:21; 16:10; Bilang 11:25) upang takpan ang Kanyang Kabanalan upang ang tao ay hindi Siya makita at mamatay (cf. Exodo 33:20; Isaias 6:5) upang ilipat ang pagkadiyos (cf. Isaias 19:1; pansinin rin Awit 18:7-15)

Sa Daniel 7:13 mga ulap ay ginamit sa transportasyon ng banal na taong Mesyas. Ang propesiyang ito sa Daniel ay ipinahiwatig ng lagpas 30 beses sa NT. Ang kaparehong koneksyon na ito sa Mesyas kasama ng mga ulap sa kalangitan ay makikita sa Mateo 24:30; 26:64 Marcos 13:26;

**1:10 "tinititigan nila ang langit"** Ito ay isang PERIPHRASTIC NA DI-GANAP. Sila ay nagpapatuloy sa magpumilit na makita si Hesus hangat makakayanan. Kahit na matapos na mawala na Siya sa kanilang paningin, sila ay nagpatuloy sa pagtingin.

Ang terminong ito ay katangian ang mga sulat ni Lucas (cf. Lucas 4:20; 22:56; Mga Gawa 1:10; 3:4,12; 6:15; 7:55; 10:4;

11:6; 13:9; 14:9; 23:1, na matatagpuan sa NT sa labas ng Lucas at Mga Gawa ng dalawang beses lamang, sa II Corinto 3). Ipinapahiwatig nito na "na tumungin na sinasadya," "pagmasdang mabuti," o "patibayin ang mga mata sa."

▣ **"sa langit"** Ang mga sinauna ay naniniwalang ang langit ay nasa taas, ngunit sa ating panahon ng isang lubusang kaalaman sa kalawakan, ang itaas ay depende. Sa Lucas 24:31, si Hesus ay nawala. Ito ay maaaring isang mas mabuting huwaran para sa ating kultura. Ang langit ay hindi nasa taas at nasa lahat, ngunit maaaring isang dimensyon ng panahon at kalawakan. Ang langit ay hindi isang direksyon, ngunit isang persona!

▣ **"may dalawang lalaking may puting damit"** Ang NT ay kadalasang pinapakilala ang mga anghel sa kanilang maliwanag na putting kasuotan, (cf. Lucas 24:4; Juan 20:12). Ang mga anghel ay nagpakita sa Kanyang kapanganakan, sa Kanyang pagtukso, sa Gethsemane, sa libingan, at dito sa Kanyang pag-akyat sa langit.

**1:11 "mga lalaking taga Galilea"** Maraming pagkakataon sa Mga Gawa na itinala ni Lucas ang pinagmula sa Galilea ng mga alagad (cf. 2:7; 13:31). Ang lahat ng Labingdalawa, maliban kay Judas Iscariote, ay mula sa Galilea. Ang bahaging ito ay hinahamak ng mga naninirahan sa Judea dahil ito ay may malaking populasyon ng Hentil at hindi ito tulad ng "kosher" (i.e., mahigpit sa kanilang pagsasakatuparan ng mga Pasalitang Tradisyon (Talmud).

Ang isa ay gustong malaman kung binalangkas ni Lucas ang ganitong pagpapalitan na sagutin ang mga katanungan patungkol sa naantalang Pangalawang Pagdating pagkatpos. Ang mga Kristiyano ay hindi dapat tumuon sa *Parousia* ngunit sa paglilingkod, pag-e-ebanghelyo, at pagmimisyon!

▣ **"Hesus… paparito"** Ang ilang mga teologo ay tinatangkang gumawa ng pagkakaiba sa pagitan ni "Hesus" at "ang Kristo." Ang mga anghel na ito ay nagpapahayag na si Hesus na kilala nila ang babalik. Ang naluwalhati, pumaitaas na si Kristo ay patuloy na natuwalhating si Hesus ng Nazareth. Siya ay nananatiling Diyos/tao.

Si Hesus ay muling babalik gaya ng Kanyang paglisan, sa mga ulap ng kalangitan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:9, cf. Mateo 10:23; 16:27; 24:3,27,37,39; 26:64; Marcos 8:38-39; 13:26; Lucas 21:27; Juan 21:22; I Corinto 15:23; I Tesalonica 1:10, 4:16; II Tesalonica 1:7, 10; 2:1,8; Santiago 5:7-8; II Pedro 1:16; 3:4,12; I Juan 2:28; Pahayag 1:7). Ang Pangalawang Pagdating ni Hesus ay isang inuulit at pangunahing paksa sa NT. Ang isang kadahilanan na ang ebanghelyo tumagal bago nailagay sa isang nakasulat na anyo ay ang inaasahan ng mga sinaunang iglesiya ng dagliang pagbalik ni Kristo. Ang Kanyang nakakagulat na pag-antala, ang kamatayan ng mga Apostol, at ang pagtaas ng hidwang pananampalataya, lahat ay lubusang nag-udyok sa iglesiya na itala ang buhay at mga katuruan ni Hesus sa nakasulat na anyo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:12-14

**[12]Nang magkagayon ay nangagbalik sila sa Herusalem buhat sa tinatawag na bundok ng mga Olivo, na malapit sa Herusalem, na isang araw ng sabbath lakarin. [13]At nang sila'y magsipasok sa bayan, ay nagsiakyat sila sa silid sa itaas, na kinatitirahan nila; ni Pedro at ni Juan at ni Santiago at ni Andres, ni Felipe at ni Tomas, ni Bartolome at ni Mateo, ni Santiago na anak ni Alfeo, at ni Simong Masikap, at ni Judas na anak ni Santiago. [14]Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Hesus, at pati ng mga kapatid niya.**

**1:12 "nangagbalik"** Ang Lucas 24:52 ay nagdagdag ng "may malaking galak."

▣ **"tinatawag na bundok ng mga Olivo"** Ito ay tila salungat sa Lucas 24:50 (i.e., Betania); gayunman, ihalintulad ang Lucas 19:29 at 21:37 sa Marcos 11:11-12 at 14:3. Ang galugod na ito na kilala bilang Bundok ng Olivo ay isang 2.5 milyang galugod na hapos 300-400 talampakan na mataas sa Herusalem na gumagapang mula sa Betania na katapat ng Lambak ng Kidron, sa kabila ng Templo. Ito ay nabanggit sa OT eskatolohikong propesiya (cf. Zacarias 14:4). Tinipon ni Hesus doon ang Kanyang mga alagad nang maraming beses upang manalangin at maaaring magkampo sa labas.

▣ **"na isang araw ng sabbath lakarin"** Ang layo na maaaring lakbayin ng isang Hudyo tuwing Sabbath ay itinakda ng mga Rabbi (cf. Exodo 16:29; Bilang 35:5). Ito ay layo na halos 2,000 kubit (o mga hakbang), na itinakda ng mga Rabbi bilang pinakamahaba na maaaring lakbayin tuwing Sabbath at hindi malabang ang Kautusan ni Moises.

**1:13 "sa silid sa itaas"** Ito ay maaaring ang kaparehong lugar ng Huling Hapunan (cf. Lucas 22:12; Marcos 14:14-15). Ang tradisyong ay nagsasabing ito ay nasa mas mataas na palapag (ika-2 o ika-3 palapag) ng tahanan ni Juan Marcos (cf. Mga Gawa 12:12), na nagsulat ng mga kaisipan ni Pedro sa Ebanghelyo ni Marcos. Ito ay isang malaking silid na maglalaman ng 120 katao.

▣ **"sila"** Ito ay isa sa apat na mga tala ng mga Apostol (cf. Mateo 10:2-4; Marcos 3:16-19; at Lucas 6:14-16). Ang mga tala ay hindi magkakapareho. Ang mga pangalan at pagkakaayos ay nabago. Gayunman, mayroon palaging magkakatulad na tao ang pinangalanan sa apat sa tatlong pangkat. Pedro ay palaging una at Judas ay palaging nasa huli. Ang tatong mga pangkat ng apat ay

maaaring para sa layuning ang pagbabalik ng mga lalaking ito sa kanilang tahanan sa takdang panahon upang tingnan at magtaguyod ng kanilang mga pamilya. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG TSART ANG MGA PANGALAN NG APOSTOL

| | Mateo 10:2-4 | Marcos 3:16-19 | Lucas 6:14-16 | Gawa 1:12-18 |
|---|---|---|---|---|
| **Unang Pangkat** | Simon (Pedro)<br>Andres (Kapatid ni Pedro)<br>Santiago (Anak ni Zebedeo)<br>Juan (Kapatid ni Santiago) | Simon (Pedro)<br>Santiago (Anak ni Zebedeo)<br>Juan (Kapatid ni Santiago)<br>Andres | Simon (Pedro)<br>Andres (Kapatid ni Pedro)<br>Santiago<br>Juan | Pedro<br>Juan<br>Santiago<br>Andres |
| **Pangalawang Pangkat** | Felipe<br>Bartolomeo<br>Tomas<br>Mateo (taga-tipon ng buwis) | Felipe<br>Bartolomeo<br>Mateo<br>Tomas | Felipe<br>Bartolomeo<br>Mateo<br>Tomas | Felipe<br>Tomas<br>Bartolomeo<br>Mateo |
| **Pangatlong Pangkat** | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Tadeo<br>Simon (ang Cananeo)<br>Hudas (Iskaryote) | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Tadeo<br>Simon (ang Cananeo)<br>Hudas (Iskaryote) | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Simon (ang panatiko)<br>Hudas (Anak ni Santiago)<br>Hudas (Iskaryote) | Santiago (Anak ni Alphaeo<br>Simon (ang panatiko)<br>Hudas (Anak ni Santiago) |

▣ **"Pedro"** Karamihan ng mga Hudyo sa Galilea ay may kapat Hudyong pangalan (e.g., Simon o Simeon [BDB 1035, cf. Genesis 29:33], na nangangahulugang "pagdinig") at isang Griyegong pangalan (na hindi kailanman ibinigay). Binigyan siya ng palayaw ni Hesus na "bato." Sa Griyego ito ay *petros* at sa Aramaiko ito ay *cephas* (cf. Juan 1:42; Mateo 16:16).

▣ **"Andres"** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang "maginoo." Mula sa Juan 1:29-42 napag-alaman natin na si Andres ay isang alagad ni Juan de Bautista at kanyang ipinakilala ang kapatid na si Pedro kay Hesus.

▣ **"Felipe"** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang "mahilig sa mga kabayo." Ang kanyang panawagan ay ipinaliwanag sa Juan 1:43-51.

▣ **"Tomas"** Ang Hebreong termino ay nangangahulugang "kambal" o Didymus (cf. Juan 11:16; 20:24; 21:2).

▣ **"Bartolome"** Ang terminong ay nangangahulugang "Anak ni Ptolemy." Siya ay maaaring si Nathanael ("kaloob ng Diyos," BDB 681 at 41) ng Ebanghelyo ni Juan (cf. Juan 1:45-49; 21:20).

▣ **"Mateo"** Maaaring kaugnay sa Hebreong pangalan na *Mattenai*, na nangangahulugang "kaloob ni YHWH" (BDB 683). Ito ay isa pang katawagan kay Levi (cf. Marcos 2:14; Lucas 5:27).

▣ **"Santiago"** Ito ay ang Hebreong pangalan ni "Jacob" (BDB 784, cf. Genesis 25:26) May dalawang lalaki na nagngangalang Santiago sa tala ng Labingdalawa. Ang isa ay ang kapatid ni Juan (cf. Marcos 3:17) at bahagi ng pangloob na pangkat (i.e., Pedro, Santiago, at Juan). Ang isang ito ay kilala bilang si Santiago ang mas kaunti.

▣ **"Simong Masikap"** Ang Griyegong teksto ng Marcos ay may "Cananeo" (also Mateo 10:4). Marcos, na ang Ebanghelyo ay isinulat sa mga Romano, ay maaaring hindi nais gamitin ang pampulitikang "mainit" na salitang "panatiko," na tumutukoy sa pang-Hudyong kontra sa Roma na kilusang guerilla. Si Lucas ay hindi siya tinawag sa terminong ito (cf. Lucas 6:15 at Mga Gawa 1:13). Ang terminong "Cananeo" ay maaaring maraming pinagmulan.

1. sa isang lugar sa Galilea na kilala bilang Cana
2. mula sa OT na paggamit ng Canaanito bilang mangangalakal
3. mula sa isang pangkalahatang katawagan sa isang naninirahan sa Canaan.

Kung ang katawagan ni Lucas ay tama, ngayon ang "panatiko" ay mula sa Aramaiko terminong para sa "masigasig" (cf. Lucas 6:15; Mga Gawa 1:17). Ang pagpili ni Hesusng labingdalawang mga alagad ay mula sa maraming magkakaiba at nagtutunggaliang pangkat. Si Simon ay kabilang sa isang makabayang pangkat na nagsusulong ng isang marahas paggupo ng Romanong kapangyarihan. Kadalasang sina Simon at Levi (i.e., Mateo ang naniningil ng buwis) ay maaaring wala sa isang silidna sila ay magkasama.

▣ **"Tadeo"** Siya ay tinatawag ding "Lebbeus" ("taong puso," cf. Mateo 10:3) o "Judas" (cf. Lucas 6:16; Juan 14:22; Mga Gawa 1:13). Ang Tadeo ay nangangahulugang "minamahal na anak" (lit. "mula sa dibdib").

▣ **"Judas Iscariote"** Mayroong dalawang Simon, dalawang Santiago, at dalawang Judas. "Iscariote" ay may dalawang maaaring pinanggalingan: (1) tao ng Kerioth sa Judah (cf. Josue 15:23) o (2) "taong punyal" o mamamatay-tao, na nangangahulugang siya rin ay isang panatiko, tulad ni Simon.

## NATATANGING PAKSA: ISCARIOTE

Narinig, nakita, at nakipag-ugnayan si Hudas sa Panginoong Hesus sa loob ng pagitan ng maraming taon, ngunit tila wala siyang personal na pakikipag-ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Mateo 7:21-23). Si Pedro ay dumaan sa katulad na katindihan ng pagtutukso tulang ng kay Hudas, ngunit may marahas na pagkakaiba ang mga kinalabasan. Maraming mga pagtalakay ang nangyari patungkol sa layung nag pagkakanulo ni Hudas:

1. ito ay pangunahing pag-salapi (cf. Juan 12:6)
2. ito ay pangunahing pampulitikal (cf. William Klassen, *Judas Betrayer or Friend of Jesus?*)
3. ito ay espirituwal (cf. Juan 13:27)

Sa paksa ng inpluwensiya ni Satanas o pagsanib ng demonyo, maraming magkakaiba mabubuting mga mapapagkunan (nakalista sa ayos na aking pinagkakatiwalaan).

1. Merrill F. Unger, *Biblical Demonology*, *Demons in the World Today*
2. Clinton E. Arnold, *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare*
3. Kurt Koch, *Christian Counseling and Occultism*, *Demonology Past and Present*
4. C. Fred Dickason, *Demon Possession and the Christian*
5. John P. Newport, *Demons, Demons, Demons*
6. John Warwick Montgomery, *Principalities and Powers*

Mag-ingat sa mga kathang kultural at mga pamahiin. Si Satanas ay nakaapekto kay Pedro sa Mateo 16:23 upang tuksuhin si Hesus napaka-katulad na paraan—ang Kanyang panghaliling kamatayan. Si Satanas ay di-pabago-bago. Sinusubukan niya sa kahit anong paraan na mahinto ang gawaing pagtubos ni Hesus para sa atin.

1. ang panunukso kay Hesus, Lucas 4
2. ginagamit si Pedro
3. ginagamit si Hudas at ang Sanhedrin

Inilalarawan ni Hesus si Hudas bilang isang demonyo sa Juan 6:70. Ang Bibliya ay hindi nagtatalakay ng paksa ng pagsanib at pag-impluwensiya ng demonyo na inuugnay sa mga mananampalataya. Ngunit, ang mga mananampalataya ay walang alinlangang naaapektuhan ng mga pansariing pagpili ang personal na kasamaan!

Ang etimolohiya ng salitang ito ay tila malabo, subalit may mga iba't-ibang posibilidad.

1. *Kerioth*, isang lungsod sa Judah (cf. Joshua 15:25)
2. *Kartan*, isang lungsod sa Galilea (cf. Joshua 21:32)
3. *Karōides,* isang palmang datiles na itinatanim sa Herusalem o Jericho
4. *scortea*, isang tapis o katad na bag (cf. Juan 13:29)
5. *ascara*, pagbibigti (Hebreo) mula sa Mateo 27:5
6. isang patalim ng mamamatay-tao (Griyego), nangangahulugang siya ay isang panatiko tulad ni Simon (cf. Lucas 6:15).

**1:14 "Ang lahat ng mga ito'y nangagkakaisa"** Ang terminong ito ay isang tambalan ng "magkatulad" (*homo*) at "nararamandaman ng kaisipan" (*thumos*). Hindi ito isang kinakailangan tulad na ito ay kalalagayan pag-asam. Ang kaugaliang ito ay nabanggit nang paulit-ulit sa Mga Gawa (i.e., ng mga mananampalataya, cf. 1:14; 2:46; 4:24; 5:12; 15:25; at ng iba sa 7:57; 8:6; 12:20; 18:12; 19:29).

▣
**NASB "nagsisipanatiling matibay"**
**NKJV "nagpapatuloy"**
**NRSV "napapatuloy sa kabanalan"**
**TEV "madalas na nagtitipon"**
**NJB "madalas na nagsasama"**

Ang termino (*pros* at *kartereō*) ay nangangahulugang binalak o masugid o sinasadyang pagtitipon. Madalas na ginagamit ito ni Lucas (cf. 1:14; 2:42,46; 6:4; 8:13; 10:7). Ito ay isang PERIPHRASTIC PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI.

▣ **"kasama ang mga babae"** May isang pangkat ng kababaihan na naglalakbay kasama at nagtutustos at kumakalinga kay Hesus at sa mga Apostol (cf. Mateo 27:55-56; Marcos 15:40-41; Lucas 8:2-3; 23:49; at Juan 19:25). Tingnan ang

Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: MGA KABABAIHANG NAGLALAKBAY KASAMA NI HESUS AT KANYANG MGA ALAGAD

| **Mateo 27:55-56** | **Marcos 15:40-41** | **Lucas 8:2-3; 23:49** | **Juan 19:25** |
|---|---|---|---|
| Maria Magdalena<br>Maria, ina ni Santiago at Jose<br>Ina ng mga anak ni Zebedeo (Santiago at Juan) | Maria Magdalena<br>Maria, ina ni Santiago na bata, Joses<br>Salome | Maria Magdalena<br>Juana, asawa ni Chuza (lingkod ni Herodes)<br>Susana<br>at iba pang marami | Maria, ina ni Hesus<br>kapatid ng Kanyang ina<br>Maria, asa ni Cleopas<br>Maria Magdalena |

**Ang sumusunod ay mga tala sa mga babaing ito mula aking komentaryo sa Marcos 15:40-41:**

**"mayroon din namang mga babae na nagsisitanaw mula sa malayo"** Ang pangkat ng mga Apostol ay pinaglilingkuran kapwa sa pananalapi at sa pangmateryal ng maraming kababaihan (i.e., pagluluto, paglalaba, atbp., cf. v. 41; Mateo 27:55; Lucas 8:3).

**"Maria Magdalena"** Magdala ay isang lungsod sa baybayin ng Dagat ng Galilea, tatlong milya sa hilaga ng Tiberias. Sinundang ni Maria si Hesus mula sa Galilea pagkatapos na mapalaya Niya siya mula sa maraming demonyo (cf. Lucas 8:2). Siya ay pinararatangang bilang isang patutot ngunit walang katibayan sa NT nito.

**"si Mariang ina ni Santiago na bata at ni Jose"** Sa Mateo 27:56 siya ay tinatawag na "ang ina nina Santiago at Jose." Sa Mateo 28:1 siya ay tinawag na "ibang Maria." Ang talagang katanungan ay, kanino siya kinasal? Sa Juan 19:25 siya ay maaaring kinasal kay Clopas, ngunit ang kanyang anak na si Santiago, ay sinasabing ang "anak ni Alfeo" (cf. Mateo 10:3; Marcos 3:18; Lucas 6:15).

**"Salome"** Siya ang ina nina Santiago at Juan, na bumubuo ng pangloob na pangkat sa mga alagad ni Hesus, at ang asawa ni Zebedeo (cf. Mateo 27:56; Marcos 15:40; 16:1-2).

**Ang sumusunod ay mga tala sa mga babaing ito mula aking komentaryo sa Juan 19:25:**

**"nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena"** Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa kung mayroong apat na pangalan o tatlong pangalan. Maaaring mayroong apat na pangalan dahil walang dalawang magkapati na nagngangalang Maria. Ang kapatid ni Maria, si Salome, ay pinangalanan sa Marcos 15:40 at Mateo 27:56. Kung ito ay totoo, kung gayon ito ay nangangahulugan na sina Santiago, Juan, at Hesus ay magpipinsan. Ang isang ikalawang siglong tradisyon (*Hegesippus*) ay nagsasabi na si Clopas ay kapatid ni Jose. Si Maria ng Magdala ay siya na pinagpalayasan ni Hesus ng pitong demonyo, at ang una na Kanyang pinili na pagpakitahan pagkatapos na Siya ay muling mabuhay (cf. 20:1-2; 11-18; Marcos 16:1; Lucas 24:1-10).

▣ **"mga kapatid niya"** Natataman natin ang pangalan ng maraming kapatid sa ina ni Hesus: Judas, Santiago (tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:17), at Simon (cf. Mateo 13:55; Marcos 6:3 at Lucas 2:7). Sila ay di-mananampalataya noong una (cf. Juan 7:5), ngunit ngayon ay bahagi ng pangloob na pangkat ng mga alagad. Para sa isang nakakawiling maikling pagtalakay ng pagkasaysayang paglago ng doktrina ng "palagiang pagiging birhen" ni Maria, tingnan si F. F. Bruce, *New International Commentary, Mga Gawa*, p. 44, tala sa ibaba 47.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:15-26

**15At nang mga araw na ito'y nagtindig si Pedro sa gitna ng mga kapatid, at nagsabi (at nangagkakatipon ang karamihang mga tao, na may isang daa't dalawangpu), 16"Mga kapatid, kinakailangang matupad ang kasulatan, na nang una ay sinalita ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng bibig ni David tungkol kay Judas, na siyang pumatnugot sa nagsihuli kay Hesus. 17"Sapagka't siya'y ibinilang sa atin, at siya'y tumanggap ng kaniyang bahagi sa ministeriong ito." 18(Kumuha nga ang taong ito ng isang parang sa pamamagitan ng ganti sa kaniyang katampalasanan; at sa pagpapatihulog ng patiwarik, ay pumutok siya sa gitna, at sumambulat ang lahat ng mga laman ng kaniyang tiyan.
19At ito'y nahayag sa lahat ng mga nagsisitahan sa Herusalem; ano pa't tinawag ang parang na yaon sa kanilang wika na Aceldama, sa makatuwid baga'y, Ang parang ng Dugo.) 20"Sapagka't nasusulat sa aklat ng Mga Awit, Bayaang mawalan nawa ng tao ang kaniyang tahanan, At huwag bayaang manahan doon ang sinoman; at, Bayaang kunin ng iba ang kaniyang katungkulan.' 21"Sa mga taong ito ay kinakailangan na nangakisama sa atin sa buong panahon na ang Panginoong si Hesus ay pumapasok at lumalabas sa atin,— 22Magmula sa pagbautismo ni Juan, hanggang sa araw na siya'y tanggapin sa itaas mula sa atin, ay nararapat na ang isa sa mga ito'y maging saksi na kasama natin sa kaniyang pagkabuhay na maguli." 23At kanilang ibinukod ang dalawa, si Jose na tinatawag na Barsabas, na pinamagatang Justo, at si Matias. 24At sila'y nagsipanalangin, at nagsipagsabi, Ikaw, Panginoon, na nakatataho ng mga puso ng lahat ng mga tao, ay ipakilala mo kung alin sa dalawang ito ang iyong hinirang, 25Upang tanggapin ang katungkulan sa ministeriong ito at pagkaapostol na kinahulugan ni Judas, upang siya'y makaparoon sa kaniyang sariling kalalagyan." 26At sila'y pinagsapalaran nila; at nagkapalad si Matias; at siya'y ibinilang sa labingisang apostol.**

**1:15 "At nang mga araw na ito"** Ito sa literal ay "sa mga araw na iyon" (*en tais hēmerais*) Ang pariralang ito ay kadalasang ginagamt sa pagbubukas ng mga kabanata ng Mga Gawa (cf. 1:15; 2:18; 5:37; 6:1; 7:41; 9:37; 11:27; 13:41). Si Lucas ay gumagamit ng ibang mga pinanggalingan mga saksi. Siya rin ay gumagamit ng "sa araw-araw" (*kath hēmeran*) bilang karaniwan, may kalabuan sa patuturo ng panahon sa naumang mga kabanata ng Mga Gawa (cf. 2:46,47; 3:2; 16:5; 17:11,31; 19:9). Pagkatapos ng kabanata 15, si Lucas ay personal na nalalaman ang mga pangyayari na kanyang itinatala. Siya pa rin ay madalas gumamit ng "araw", ngunit hindi kasing dalas ng mga may kalabuan, pangwikaing mga parirala.

▣ **"nagtindig si Pedro"** Si Pedro ay malinaw na tagapagsalita ng mga Apostol (cf. Mateo 16). Siya ang nangaral ng unang pangangaral sa iglesiya pagkatapos ng pagdating ng Espiritu (cf. Mga Gawa 2) at pangalawang pangangaral sa Mga Gawa 3. Si Hesus ay nagpakita ng una sa mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Juan 21 at I Corinto 15:5). Ang kanyang Hebreong pangalan ay "Simeon" (cf. Mga Gawa 15:14; II Pedro 1:1). Ang pangalang ito ay binaybay na "Simon" sa Griyego. Ang terminong "Pedro" ay isang Griyegong terminong (*petros*) para sa isang "inihiwalay na bato." Ito ay "Cephas" o "malaking bato" sa Aramaiko (cf. Mateo 16:18).

▣ **"nangagkakatipon ang karamihang mga tao, na may isang daa't dalawangpu"** Ang pariralang ito ay isang panaklong sa UBS[4] Griyegong teksto (ngunit hindi sa vv. 18-19). Ang pangkat na ito ay ibinibilang ang labing-isang mga Apostol, ang kababaihan na kasama ni Hesus, at iba pang mga alagad mula sa mula sa ministeryo ng pangangaral at pagpapagaling ni Hesus.

**1:16 "ang kasulatan"** Ang lahat ng mga sanggunian sa "Banal na Kasulatan" sa NT (maliban sa II Pedro 3:15-16) ay tumutukoy sa OT (ex. Mateo 5:17-20; II Timoteo 3:15-17). Ang talatang ito rin ay nagbibigay-diin ng inspirasyon ng Banal na Espiritu (cf. II Pedro 1:21) sa pamamagitan niDavid. Ito ay nagpapahiwatig din ng kanonisasyon ng "mga Sulat" na bahagi ng Hebreong Bibliya.

## NATATANGING PAKSA: INSPIRATION

Ang "minsang-para sa-lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga pananaw sa mundo na katuruan ng Kristiyanismo (cf. II Pedro 2:21). Ang minsang ibinigay na pagbibigay-diin na ito ay ang biblikal na batayan para sa teolohikong pagtatakda ng mga sulat sa NT at hindi pinahihintulutang ang mga kinalaunang o ibang mga sulat na maituturing na kapahayagan. Mayroong maraming may kalabuan, di-tiyak, at di-maliwanag na bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya pinaninindigan sa pananampalataya na ang lahat ng bagay na "kailangan para sa pananampalataya at kasanayan ay isinama ng may sapat na kaliwanagan sa NT.

Ang konseptong ito ay inilalarawan sa kung ano ang tinatawag na "ang kapahayagang tatsulok"

1. Ang Diyos ay nagpahayag ng Kanyang sarili sa pahanon-kalawakang kasaysayan (KAPAYAHAGAN)
2. Siya ay pumili ng mga tiyak taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
3. Ipinagkaloob Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang kaisipan at puso ng mga tao upang maunawaan ang mga sulat na ito, hindi pangkahulugan, ngunit may kasapatan sa kaligtasan at sa isang mabisang buhay Kristiyano

(ILUMINASYON)

Ang punto nito ay ang inspirasyon ay limitado sa manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang karagdagan pang awtoridad na mga sulat, mga pangitain, o mga kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Taglay natin ang lahat na katotohanan na kailangan natin upang tumugon nang nararapat at kalugod-lugod sa Diyos.

Ang katotohanan ay pinakamainam na makikita sa pagkakasundo ng mga manunulat ng Bibliya laban sa di-pagkakasunduan ng matatapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalita ay may antas ng maka-Diyos na pamumuno na gaya ng ginawa ng mga manunulat ng Banal na Kasulatan.

▣ **"kinakailangan"** Ito ay *dei*, na nangangahulugan na pangangailangan. Ito ay isang DI-GANAP TAHAS NA NA MAY PAHIWATIG at tumutukoy sa unang sipi sa v. 20.

Ang terminong ay ang katangian ng kaunawaan ni Lucas sa buhay ni Hesus at ang sinaunang iglesiya bilang isang pagpapatuloy ng OT na Kasulatan (cf. Lucas 18:31-34; 22:37; 24:44). Madalas gamiting ni Lucas ang terminong ito (cf. Lucas 2:49; 4:43; 9:22; 11:42; 12:12; 13:14,16,33; 15:32; 17:25; 18:1; 19:5; 21:9; 22:7,37; 24:7,26,44; Mga Gawa 1:16,21; 3:21; 4:12; 5:29; 9:6,16; 14:27; 15:5; 16:30; 17:3; 19:21,36; 20:35; 23:11; 24:19; 25:10,24; 26:9; 27:21,24,26). Ang termino ay nangangahulugang "ito ay tiyak," "ito ay kinakailangan," "it ay di-maiiwasan." The ebanghelyo at kanyang paglago ay hindi isang nagkataong pangyayari, ngunit ang pinagpasyahang plano ng Diyos at katuparan ng OT Banal na Kasulatan (paggamit sa LXX).

▣ **"matupad"** Kapag ang isa ay binabas ang siping ito sa OT (v. 20), ang pagtataksil ni Judas ay hindi ang layon ng sumulat ng Mga Awit (i.e., Mga Awit 69:25; 109:8). Ang mga Apostol ang nagpaliwanag ng OT sa liwanag ng kanilang karanasan kay Hesus. Ito ay tinatawag na tipolohikong pagpapaliwanag (cf. v. 20). Si Hesus mismo ay maaaring nagtakda ng huwaran sa ganitong paraan habang Siya ay naglalakad at kinakausap ang dalawa sa daan sa Emmaus (cf. Lucas 24:13-35, lalo na sa vv. 25-27). Ang sinaunang Kristiyanong tagapagpaliwanag ay nakita ang pagkakaagapat sa pagitan ng mga pangyayari sa OT at sa buhay at mga katuruan ni Hesus. Nakita nila si Hesus bilang katuparan ng lahat sa OT. Ang mga mananampalataya ngayon ay kailangang mag-ingat sa ganitong pamamaraan! Silang mga kinasihang may-akda ng NT ay nasa ilalim ng isang antas ng inspirasyon at personal nanalalaman ang buhay at mga katuruan ni Hesus. Ating pinanindigan ang katotohanan at awtoridad ng kanilang patotoo ngunit hindi maaaring gawing muli ang kanilang pamamaraan.

## NATATANGING PAKSA: TIPOLOHIYA

Si Philo at ang maaagang paggamit ng iglesiya ng alegorya at paggamit ni Pablo ng katulad na pamamaraan ay may lubhang kaibahan. Ang nauna ay lubusang binabaliwala ang pangkasaysayang kalalagayan, ang pagpapalago ng mga katuruang lubusang banyaga sa orihinal na layunin ng may-akda. Ang pamamaraan ni Pablo ay mas mabuting maitatangi bilang tipolohiya. Ipinagpapalagay ni Pablo ang pangkasaysayang kalalagayan ng Genesis at ang pagkakaisang ng Luma at Bagong Kasunduan, samakatuwid, siya nakapagbuo ng mga pagkakatulad sa pagitan nila dahil sila ay may iisang may-akda—ang Diyos. Sa partikular na kontekstong ito, inihahalintulad ni Pablo ang Abrahamikong Kasunduan at Mosaikong Kasunduan at gumagawa ng pag-aangkop sa Bagong Kasunduan ng 31:31-34 at NT.

Apat na mga kaugnayan sa 4:21-31 ang maaaring mabuo.

1. ang dalawang ina ay kumakatawan sa dalawang pamilya; ang isa ay binuo sa pamamagitan ng natural na paraan, ang iba sa pamamagitan ng by supernatural promise
2. mayroong pag-iigting (tensyon) sa pagitan ng dalawang ito at kanilang mga anak gaya ng pag-iigting sa pagitan ng mensahe ng Judaizer at ebanghelyo ni Pablo
3. kapwa mga pangkat ay nag-aangkin na mga magmamana kay Abraham, ngunit ang isa ay nasa tanikala ng Kautusan ni Moises, at ang isa ay malaya sa natapos ng gawain ni Kristo
4. and dalawang bundok ay kaugnay sa dalawang magkaibang kasunduang ito, ang Bundok ng Sinai kasama si Moses at Bundok Sion kasama si Abraham. Ang Bundok Sion o Bundok Moriah ay kung saan inialay ni Abraham ang kanyang anak na si Isaac bilang isang handok (cf. Genesis 22), na sa kinalaunan ay naging Herusalem. Si Abraham ay tumatanaw sa isang maka-langit na lungsod (Hebreo 11:10; 12:22; 13:14, Bagong Herusalem, Isaias 40-66) hindi isang panlupang Herusalem.

Maaaring ginamit ni Pablo ang tipolohiyang ito dahil

1. ang mga bulaang guro ay gumagamit ng katulad na ganitong pamamaraan sa kanilang kapakinabangan na nag-aangkit siyang tunay na binhi ni Abraham
2. ang mga bulaang guro ay maaaring gumamit ng isang alegory mula sa mga sulat ni Moises upang ipilit ang kanilang pang-Hudyong kasunduang teolohiya kaya si Pablo ay gumamit ng ama ng Hudyong pananampalataya, si Abraham
3. Maaaring ginamit ito ni Pablo dahil sa Genesis 21:9-10, na isinipi sa talata 30 at nagsasabing, "napalayas" ang natural

na anak; sa paghahambing ni Pablo, ito ay maaaring pumatungkol sa mga Judaizer

4. Maaaring ginamit ito ni Pablo dahil sa pagiging bukod ng mga Hudyong bulaang mangangaral, lalo na sa kanilang paghamak sa mga Hentil; sa Tipolohiyani Pablo ang mga Hentil ay tinatanggap at ang may pagmamataas sa lahi ay itinatanggi ng Diyos (cf. Mateo 8:11-12)
5. maaaring ginamit ni Pablo ang tipolohiyang ito dahil kanyang binibigyang-diin ang "pagiging anak" at "mamanahin" sa mga kabanata 3 & 4. Ito ang puso ng kanyang pangangatuwiran: ang ating pagkakupkop sa pamilya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo lamang, hindi sa natural na angkan.

▣ **"Judas"** Ang pagtalikod ni Judas sa pananampalataya, hindi ang kanyang kamatayan, ang nagdulot sa pagpiling ito ng isang kahaliling Apostol. Sa v. 20b, ang pagkilos ni Judas ay makikita bilang isang katuparan ng propesiya. Ang NT ay hindi nagtala ng isapang pagpili ng Apostol matapos na mamatay ni Santiago (cf. Mga Gawa 12:2). Mayroong maraming hiwaga at kapamahakan ang buhay ni Judas. Siya ay maaaring ang tanging Apostol na hindi taga Galilea. Siya ang ginawang ingat-yaman ng Apostolikong pangkat (cf. Juan 12:6). Siya ay pinaratangang nagnanakaw na kanilang salapi sa panahon na kasama si Hesus. Siya ay sinasabing isang katuparan ng propesiya at isang pakay ng pagsalakay ni Satanas. Ang kanyang mga layunig ay hindi kailanman nabanggit, ngunit ang kanyang pamimighati ay nagbunga ng pagkitil sa kanyang sariling buhay pagkatapos na maibalik ang suhol.

Mayroong maraming haka-haka patungkol kay Judas at sa kanyang layunin. Siya ay nababanggit at madalas na sinisirang-puri sa Ebanghelyo ni Juan (6:71; 12:4; 13:2,26,39; 18:2,3,5). Ang makabagong palabas na "Hesus Kristong Superstar" ay ipinapakita siya bilang isang matapat, ngunit nagulumihanan, na tagasunod na nagtangkang ipilit si Hesus sa pagtupad ng tungkulin binag Hudyong Messias—ito ay, upang gumpuin ang Roma, parusahang ang mga masasama, at itayo ang Herusalem bilang kapitolyo ng mundo. Gayunman, ipinakita ni Juan ang kanyang mga layuni bilang sakim at maitim ang budhi.

Ang pangunahing suliranin ay ang teolohikong isyu ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao. Pinapatakbo ba ng Diyos o ni Hesus si Judas? Si Judas ba ay may pananagutan para sa kanyang mga pagkilos kung si Satanas ang kumikilos sa kanya o inadya ba ng Diyos at dinulot siyang pagtaksilan si Hesus? Ang Bibliya ay hindi sinasagot ang mga tanong na ito nang tuwiran. Ang Diyos ang nakakapangyari sa kasaysayan; nalalaman Niya ang mga pangyayari sa hinaharap, ngunit ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili at mga pagkilos. Ang Diyos ay makatarungan, hindi nagpapatakbo.

Mayroong isang bagong aklat na sinusubukang ipagtanggol si Judas—*Judas Betrayer or Friend of Jesus?* ni William Klassen, Fortress Press, 1996. Hindi ako sumansang-ayon sa aklat na ito, ngunit ito ay lubhang nakakawili at mapamupaw-isip.

▣ **"na siyang pumatnugot sa nagsihuli kay Hesus"** Ito ang isang sipi mula sa aking komentaryo sa Mateo 26:47-50 (tingnan ang www.freebiblecommentary.org).

> "Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa layunin ni Judas. Kailangang sabihin na ito ay nananatiling di-matiyak. Ang kanyang halik kay Hesus sa v. 49 ay alinman sa (1) isang tanda sa mga sundalo na ito ang taong dadakpin (cf. v. 48); o (2) nagtataguyod sa makabagong teoriya na sinusubukan niyang pwersahin ang pagkilos ng kamay ni Hesus, (cf. 27:4). Ang ibang talata ng Ebanghelyo ay nagsasabing siya ay isang magnanaw at isang di-mananampalataya mula sa simula (cf. Juan 12:6).
>
> Mula sa Lucas 22:52 nalalaman natin ang binubuo ng mga taong ito. Sila ay mga Romanong sundalo na kasangkol dahil sila lamang ang maaaring magdala ng mga tabak ng legal. Gayundin, ang mga bantay ng Templo ay kasangkot dahil sila ang kadalasang nagdadala ng pamalo. Ang mga kinatawan mula sa Sanhedrin ay nandoon din sa pagdakip (cf. vv. 47, 51)."

**1:17** Si Judas ay pinili ni Hesus, narinig na magsalita si Hesus, nakita ang mga himala ni Hesus, ay ipinadala sa misyon sa pamamagitan at para kay Hesus, ay nandoon sa itaas na silid at nakilahok sa tagpong ito at, ngunit, pinagtaksilan si Hesus!

**1:18**
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB,**
**NIV "sa pagpapatihulog ng patiwarik, ay pumutok siya sa gitna"**
**TEV "kung saan siya ay nahulog sa kamatayan at pumutok nang lantaran"**

Ito ay maaari na ang "pumutok siya sa gitna" ay isang medikong termino para sa "pamamaga" (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, pp. 535-536), na matatagpuan sa ilang Ingles na mga salin (e.g., Phillips, Moffatt at Goodspeed). Para sa isang mabuting pagtalakay ng ibang mga salin sa kamatayan ni Judas (Mateo 27:5 vs. Mga Gawa 1:18) tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, pp. 511-512.

▣ **"Kumuha nga ang taong ito ng isang parang"** Ang mga talatang 18-19 ay nasa panaklong (cf. NASB, NKJV, NRSV, NJB, NIV). Ang may-akda ay pinagkaloob ang impormasyong ito para sa pagkaunawa ng mambabasa. Mulsa sa Mateo 27:6-

8 natutunan natin na ang mga saserdote ay binili ang piraso ng lupa sa katuparan ng OT propesiya (cf. Mateo 27:9). Ito ay salapi ni Judas, na itinuturing ng mga saserdote na madumi at gamitin upang ipambili ng parang para sa pagpapalibing ng mga di-kinukuhang bangkay. Ang mga talatang 18-19 ay nagsasabi sa ating na ito ay ang mismo parang na kung saan si Judas ay namatay. Ang impormasyong ito patungkol sa kamatayan ni Judas' death ay hindi naulit saanman.

**1:19 "sa kanilang wika"** Marami sa mga Hudyo sa panahon ni Hesus ay hindi nakakapagbasa o nakakapagsalita ng Hebreo, ngunit sa isang katulad na Semitikong wika, ang Aramaiko, na kanilang natutuhan mula sa kanilan panahon sa ilalim ng pamumuno ng Persya. Ang mga nakapag-aral ay nakakapagsalita at nakakabasa ng Hebreo. Ginamit ito ni Hesus kapag nagbabasa Siya ng Banal na Kasulatan sa mga Sinagoga.

Marami sa mga tao sa Palestina ay maaaring bilingual (Koiine Griyego at Aramaiko) o tri-lingual (Koine Griyego, Aramaiko, at Hebreo).

Si Hesus ay nagsasalita ng Aramaiko sa karamihan ng pagkakataon. Ang mga parilala at mga salita sa mga Ebanghelyo na isinatitik ay lahat Aramaiko.

▣

**NASB, NRSV "Aceldama, sa makatuwid baga'y, Ang parang ng Dugo"**
**NKJV "Akeldama, na siyang, Lupain ng Dugo"**
**TEV "Akeldama, na nangangahulugang Lupain ng Dugo"**
**NJB "Madugong lupain. . .Hakel-dama"**

Ito ay isang Griyegong saling ng isang Aramaikong salita. Palaging may kahirapang na magkatulad na magsalin mula sa isang wika patungo sa isa pa. Sa kabila ng pagkakaiba sa Griyegong pagbabaybay, ang Aramaiko ay nangangahulugang "lupain o parang ng dugo." Ito ay maaaring mangahulugang

1. isang parang na binili ng dugong salapi (cf. Mateo 27:7a)
2. isang lupain kung saan ang dugo ay dumanak (cf. Mga Gawa 1:18)
3. isang lugar kung saan ang mga mamamatay-tao o banyaga ay inililibing (cf. Mateo 27:7b)

**1:20** Ito ay mga sipi mula sa Mga Awit. Ang una ay Mga Awit 69:25. Sa orihinal, ito ay MARAMIHAN. Ito ay gumaganap iblang isang sumpa kay Judas. Ang pangalawang sipi ay mula sa Mga Awit 109:8 (LXX). Ito ay nagbibigay ng pangpropetang pangunguna para sa kapalit ni Judas na tinalakay sa vv. 21-26.

Ang mga makabagong mananampalataya ay hindi muling makakagawa ng ganitong pamamaraan ng tipolohikong hermeneutics dahil wala sa atin sa kapanahunan ng kasaysayang ito ay kinasihan. Ang Espiritu ang gumabay sa mga may-akda/manunulat ng Bibliya sa isang antas na hindi Niya ginawa sa mga mananampalataya pagkatapos. Tayo ay tinatanglawan Niya ngunit di tayo minsan nagkakasundo (tingnan ang Natatanging Paksa: Inspirasyon sa v. 16).

▣

**NASB, NKJV,**
**NJB "katungkulan"**
**NRSV "mga tungkuling tagapamahala"**
**TEV "lugar ng paglilingkod"**

Sa Septuagint ang terminong *episkopē* ay nagdadala ng kahulugan ng isang tungkuli o paglilingkod ng isang pinuno (cf. Bilang 4:16; Mga Awit 109:8). Ito ay dumating na mangahulugang isang pinuno sa Romano Katolikong sistema ng kaparian, ngunit sa Griyego ito ay payak na Griyegong lungsod-stadong termino para sa pinuno (cf. NIV), gaya ng "nakatatanda" (*presbuteros*) ay isang pang-Hudyong termino para sa pinuno (ex. Genesis 50:7; Exodo 3:16,18; Bilang 11:16,24,25,39; Deuteronomio 21:2,3,4,6,19,20 at iba pa). Samakatuwid na may maaaring di pagsasama kay Santiago, ang "tagapamahala" at "nakatatanda" pagkatapos na mamatay ang mga Apostol ay tumutukoy sa pastor (cf. Mga Gawa 20:17,28; Tito 1:5,7; Filipos 1:1).

**1:21 "ito ay kinakailangan"** Ito ay ang salitang *dei* (tingnan ang buong tala sa v. 16). Tila naramdaman ni Pedro na ang Labindalawang mga Apostol sa paanong paraan ay kumakatawan sa labingdalawang angkan o ilang iba pang simpolismo na hindi dapat mawala.

**1:21-22** Ito ang mga katangian para sa pagiging Apostol (Tingnan ang Natatanging Paksa: Pinadala/Sinugo [*apostellō*] sa 14:4). Pansinin na ito ay nagpapakita ng presensya ng ibang mga mananampalataya maliban sa Labingdalawa na sumunod kay Hesus tsa panahon ng Kanyang ministeryo sa mundo. Ang saligang ito ay ginamit ng ilan sa huli upang itanggi ang pagiging Apostol ni Pablo.

Tila isinasama ni Lucas ang dalawang talatang ito upang ipakita ang pagiging-una ng Apostolikong saksi, hindi ang pagpili kay Matias, na hindi na natin narinig. Ang iglesiya at NT Banal na Kasulatan ang bumuo ng buhay at mga katuruan ni Hesus, ngunit ito ay sa pamamagitan ng mga nakakitang saksi, saksing may awtoridad, piling teolohikong saksi, ang NT. Ito ay ang teolohikong isyu, hindi ang simbolismo ng "labingdalawa"!

## NATATANGING PAKSA: ANG BILANG NA LABINDALAWA

Ang Labindalawa ay laging simbolong bilang ng isang organisasyon

A. sa labas ng Bibliya
  1. labindalawa mga tanda ng Zodiac
  2. labindalawa mga buwan ng taon
B. sa OT (BDB 1040 plus 797)
  1. ang mga anak ni Jacob (ang makaHudyong mga tribo)
  2. nakikita sa
     a. labindalawang haligi ng altar sa Exodo 24:4
     b. labindalawa mga alahas sa baluti ng punong saserdote (na kumakatawanwhich sa mga tribo) sa Exodo 28:21
     c. labindalawang mga tinapay sa banal na lugar ng tabernakulo sa Levitico 24:5
     d. labindalawang mga espiya na ipinadala sa Canaan sa Bilang 13 (isa sa mula sa bawat tribo)
     e. labindalawang mga pamalor (tribong mga pamantayan) sa pagrerebelde ni Korah sa Bilang 17:2
     f. labindalawang mga baton ni Josuesa Joshua 4:3,9,20
     g. labindalawang mga administratibong mga distrito sa pamamahala ni Solomon sa I Hari 4:7
     h. labindalawang mga bato sa altar ni Elijah kay YHWH sa I Hari 18:31
C. sa NT
  1. labindalawang mga apostol na pinili
  2. labindalawang mga basket ng tinapay (isa para sa bawat apostol) sa Mateo 14:20
  3. labindalawang mga trono na kung saan ang NT na mga disipulo ay nakaupo (tumtukoy sa 12 mga tribo ng Israel) sa Mateo 19:28
  4. labindalawang mga hukbo ng mga anghel para iligtas si Hesus sa Mateo 26:53
  5. ang simbolismo sa Pahayag
     a. 24 mga matatanda sa trono sa 4:4
     b. 144,000 (12x12,000) sa 7:4; 14:1,3
     c. labindalawang mga bituin sa korona ng babae sa 12:1
     d. labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel na nagpapakita ng labindalawang mga tribo sa 21:12
     e. labindalawang pundasyon ng mga bato sa bagong Herusalem at sa kanila ang mga panganlan ng labindalawa mga Apostol sa 21:14
     f. labindalawang libong mga stadia sa 21:16 (sukat ng bagong bayan, Bagong Herusalem)
     g. ang pader ay 144 cubits sa 21:17
     h. labindalawang tarangkahan na perlas sa 21:21
     i. mga puno sa bagong Herusalem na may labindalawang mga uri ng bunga (isa sa bawat buwan ) sa 22:2

**1:23 "kanilang ibinukod ang dalawa"** Mayroong isang Griyegong kasulatang pagkakaiba na nagpapakita ng teolohikong isyu sa pariralang ito:

1. *estēsan* ("kanilang itinakda") sa MSS א, A, B, C, D[1], E
2. *estesen* ("kaniyang itinakda") sa MS D* (ika-5 siglo), Leksyonaryo 156 (ika-10 siglo), dalawang matandang kasulatan (ika-5 at ika-13 siglo), at Augustino (A.D. 354-430)

Kung bilang 1, ito ay isang halimbawa ng buong pangkat ng mga alagad na pumili sa maaaring kapalit ni Judas (isang anyo ng pamamahala ng kapulungan (cf. 15:22), ngunit kung bilang 2, ngayon ito ay katibayan ng pangunguna ni Pedro (cf. 15:7-11,14). Sang-ayon sa mga katibayan ng Griyegong kasulatan, ang paggamit ng salita ng bilang 1 ay tiyak (UBS[4] ay binibigyan ito ng "A" na antas.

▣ **"Jose…Matias"** Wala tayong nalalaman sa mga lalaking ito mula sa NT. Ating kailangang tandaan na ang mga Ebanghelyo at Mga Gawa ay hindi kanluraning kasaysayan, ngunit piniling teolohikong mga sulat upang ipakilala si Hesus at ipakita king paanong ang Kanyang mensahe ay nakaimpluwensya sa mundo.

**1:24**
**NASB** **"na nakatataho ng mga puso ng lahat ng mga tao"**
**NKJV** **"na nakakaalam ng mga puso ng lahat"**
**NRSV** **"na nalalaman ang puso ng bawat-isa"**
**TEV** **"nalalaman mo ang kaisipan ng bawat-isa"**
**NJB** **"nababasa mo ang puso ng bawat-isa"**

Ito ay isang tambalang salita na, "mga puso" at "makilala" (cf. 15:8). Ito ay nagpapahayag ng OT katotohanan (cf. I Samuel 2:7; 16:7; I Hari 8:39; I Cronica 28:9; II Cronica 6:30; Mga Awit 7:9; 44:21; Kawikaan 15:11; 21:2; Jeremias 11:20; 17:9-10; 20:12; Lucas 16:15; Mga Gawa 1:24; 15:8; Roma 8:27). Nakikilala tayo nang lubusan ng Diyos at patuloy tayong minamahal (cf. Roma 8:27).

Ang mga alagad ay pinaninindigan na nalalaman ni YHWH ang kanilang mga motibo gayundin ang mga motibo at buhay ng dalawang kandidato. Nais nila ang kalooban ng Diyos sa pagpiling ito (AORIST AKTIBO). Si Hesus ay pinili ang Labindalawa, ngunit ngayo, Siya na ay nasa Ama.

## NATATANGING PAKSA: ANG PUSO

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay eEspirituuwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; Roma 8:27; I Corinto 14:25; I Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa eEspirituuwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Gawa 7:23; 16:14; 28:27; Roma 1:21; 10:6; 16:18; II Corinto 4:6; Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II Corinto 3:14-15 at Filipos 4:7)
4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Gawa 5:4; 11:23; I Corinto 4:5; 7:37; II Corinto 9:7)
5. ang gitna ng damdamin (cf. Mateo 5:28; Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; Roma 1:24; II Corinto 2:4; 7:3; Efeso 6:22; Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. Roma 5:5; II Corinto 1:22; Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating puso, Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Osea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
   c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" at Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"
   e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

**1:25 "sa kaniyang sariling kalalagyan"** Ito ay isang eupemismo para sa "kahatulan." Ginamit siya ni Satanas para sa kanyang mga layunin (cf. Lucas 22:3; Juan 13:2; 27), ngunit si Judas ay may pananagutan para sa kanyang pagpili at mga pagkilos (cf. Galacia 6:7).

**1:26 "sila'y pinagsapalaran nila"** Ito ay may OT na kaligiran na maiuugnay sa paggamit ng Punong Saserdote ng Urim at Thummim sa Levitico 16:8, o sa mga tao ng gumagamit ng ilang katulad na uri ng pamamaraan (cf. Kawikaan 16:33; 18:18). Ang mga Romanong sundalo ay pinagpustahan din ang mga damit ni Hesus (cf. Lucas 23:34). Gayunman, ito ay ang huling pagkakataon ang ang paraang ito ng pag-alam ng kalooban ng Diyos ay nabanggit sa NT. Kung ang pagkiling ng isa ay patungong pagpapatunay-teksto, ang paraang ito ay maaaring maging pangkaraniwan para sa pag-alam kung paano gumawa ng mga espiritwal na pagpapasiya, could become normative for how to make spiritual decisions, na maaaring hindi nararapat (e.g., pagbukas ng Bibliya at paglagay ng daliri sa isang talata upang malaman ang kalooban ng Diyos). Ang mga mananampalataya ay dapat mabuhay sa pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng mekanikong pamamaran ng pag-alam ng kalooban ng Diyos (e.g., balahibo ng tupa, cf. Mga Hukom 6:17,36-40).

▣ **"Matias"** Sinabi ni Eusebio na siya ay kasama sa misyon ng pitumpu (cf. Lucas 10). Ang mga nahuling tradisyon ay

nagpapahayag na siya ay naging martir sa Ethiopia.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nanatili si Hesus kasama ng mga agalad sa loob ng 40 na araw?
2. Ano ang "bautismo ng Espiritu?"
3. Bakit napakahalaga ng talata 7?
4. Bakit mahalaga ang pag-akyat sa langit?
5. Bakit naramdaman ni Pedro ang pangangailangan na punan ang lugar ni Judas?
6. Paano magiging apostol si Pablo kung hindi niya natupad ang mga katangian? (1:21-22)

# MGA GAWA 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagdating ng Banal na Espiritu | Pagdating ng Banal ng Espiritu | Ang Araw ng Pentecostes | Ang Pagdating ng Banal na Espiritu | Pentecostes |
| 2:1-4 | 2:1-4 | 2:1-4 | 2:1-4 | 2:1-4 |
| | Tumugon ang mga Tao | | | |
| 2:5-13 | 2:5-13 | 2:5-13 | 2:5-13 | 2:5-13 |
| Talumpati ni Pedro sa mga Tao | Pangangaral ni Pedro | Pangangaral ni Pedro | Pangangaral ni Pedro | Talumpati ni Pedro sa mga Tao |
| 2:14-21 | 2:14-39 | 2:14-21 | 2:14-21 | 2:14-21 |
| 2:22-28 | | 2:22-28 | 2:22-28 | 2:22-28 |
| 2:29-36 | | 2:29-36 | 2:29-35 | 2:29-35 |
| | | | 2:36 | 2:36 |
| | | Ang Panawagan sa Pagsisisi | | Ang Unang Naligtas |
| 2:37-42 | Paglago ng Mahalagang Iglesiya | 2:37-42 | 2:37 | 2:37-41 |
| | | | 2:38-39 | |
| | 2:40-47 | | 2:40-42 | Ang Mga Maagang Kristiyanong Naligtas |
| Buhay ng Mananampalataya | | | Buhay ng Mananampalataya | 2:42 |
| 2:43-47 | | 2:43-47 | 2:43-47 | 2:43 |
| | | | | 2:44-45 |
| | | | | 2:46-47 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ito ay ang unang pangangaral ng Bagong Panahon. Pansinin ang mga sipi sa OT at mga pagkabanggit sa kabanata 2. Si Pedro ay nangangaral sa mga Hudyo mula sa lahat ng dako ng Mediterraneong mundo. Ang Banal na Kasulatan na kanyang ginamit ay nagpapakilala ng mga katuruan ni Hesus sa dalawa pautungo sa daan ng Emmaus (cf. Lucas 24:21-32) at ang Kanyang mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay sa mga alagad (cf. Lucas 24:45).
   1. vv. 16-21 – Joel 2:28-32
   2. vv. 25-28 – Awit 16:8-11
   3. v. 30 – isang pagkabanggit sa II Samuel 7:11-16 at Awit 89:34 o 132:11
   4. vv. 34-35 – Awit 110:1

B. Ang katuparan ng eskatolohikong propesiya ni Joel ay isang pisikal na pagpapakilala na ang kahatulan ng Diyos na inalis ang Kanyang Espiritu sa Israel pagkatapos ng Malakias (o ang may-akda ng Cronica) ay natapos! Ang Espiritu ay bumalik sa kapangyarihan at layunin ng Dakilang Komisyon!

C. Ang pagkalito ng mga wika mula sa Tore ng Babel (cf. Genesis 11) ngayon ay nabaliktad (simboliko kahit papaano). Ang Bagong Panahon ay nagsimula na.

D. Para sa ngayon ang "mga wika" ng Mga Gawa ay naiiba mula sa mga wika ng Corinto. Hindi kailangan ang isang tagapagsalin. Ang mensahe ay tanging pang-ebanghelyo.

   Ang mga wika sa Mga Gawa ay para sa nananampalatayang mga Hudyo upang kilalalin na ang Diyos ay tinanggap ang isang bagong panglahi/geograpikong pangkat ng mga tao sa Kaharian (i.e., mga Samaritano, Roma, atbp.).

   Ang mga wika sa Corinto ay umaakma sa pangkulturang huwaran ng Orakulong Delphi. Kanilang tinatawag ang Diyos hindi mga tao (cf. I Corinto 14:2). Kanilang pinapalakas ang tagapagsalita (cf. I Corinto 14:4). Huwag niyong kunin ang mga pagbibigay-pansing ito bilang salungat sa anumang kaisipan sa Corintong huwaran (cf. I Corinto 14:5,18). Naniniwala ako na ito pa rin ay isang nagpapatuloy na kaloob na espiritwal. Gayunman, dahil sa mga katanungan ng I Corinto 12:28-29, na inaasahan ang "hindi" na sagot, hindi ito para sa bawat mananampalataya! Tingnan ang buong tala sa paksa sa I Corinto 12 at 14 sa www.freebiblecommentary.org

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-4

**[1]At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. [2]At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. [3]At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. [4]At silang lahat ay nangapuspos ng Banal na Espiritu, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain.**

**2:1 "Pentecostes"** Ang taunang Hudyong Pista ay tinatawag ding "Pista ng mga Linggo" (cf. Exodo 34:22; Deuteronomio 16:10). Ang terminong "Pentecostes" ay nangangahulugang "ika-limampu." Ang pistang ito ay ginaganap limampung araw (pitong linggo) pagkatapos ng Paskwa (i.e., ibinibilang mula sa ikalawang araw ng Pista ng walang Libadurang Tinapay). Ito ay may tatlong layunin sa panahon ni Hesus:
1. pag-alaala sa pagkakaloob ng Kautusan kay Moises (cf. *Jubliees* 1:1)
2. pasasalamat sa Diyos para sa mga ani
3. paghahandog ng mga unang bunga (i.e., isang tanda ng pagmamay-ari ni YHWH's sa buong ani) ng inaning butil. Ang OT na kaligiran ay sa Exodo 23:16-17; 34:22; Levitico 23:15-21; Mga Bilang 28:26-31 at Deuteronomio 16:9-12.

▣
**NASB, NRSV** **"nang dumating"**
**NKJV** **"nang ganap nang dumating"**
**TEV** **"dumating"**
**NJB** **"dumating nga"**

Ito sa literal ay "napuno na." Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAWATAS. Ito ay isang maka-Diyos na paghirang at katuparan ng maka-Diyos ng layunin. Ito ay ginamit lamang sa mga sulat ni Lucas (cf. Lucas 8:23; 9:51; dito; at isang katulad na talinghaga sa Lucas 2:6). Ang kasaysayan ng sangkatauhan ay tinakda ni YHWH.

Si M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 1, p. 224, ay nagpapaalala sa ating na ang mga Hudyo ay nakita ang day gaya ng

isang sisidlang na pupunuin. Ang panahon ng Pentecostes ay lubusang dumating na! Ito rin ang oras ng natatanging pagpapasinaya ng Diyos sa Panahon ng Espiritu, ang simula ng iglesiya.

▣ **"silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako"** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pagkakaisa, kapwa sa lugar at isip (cf. 1:14). Ito ay di-tiyak kung saan ito naganap. Maaaring ito ay sa "itaas na silid" (cf. Mga Gawa 1:13; "bahay," v. 2), ngunit sa ilang pagkakataon ang Templo ay kasama sa karanasang ito (cf. Lucas 24:53; sukat ng pangkat sa v. 47).

**2:2 "dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas"** Sa buong bahaging ito, ang pagbibigay-diin ay sa tunog, not sa hangin o apoy. Ito ay katulad sa Genesis 3:8. Sa OT ang salitang *ruah* (BDB 924) ay ginamit sa paghinga, hangin, at Espiritu (cf. Ezekiel 37:9-14); sa NT *pneuma* ay ginamit sa hangin at ang Banal na Espiritu (cf. Juan 3:5-8). Ang terminong hangin sa talatang ito ay *pnoē*. Ito ay ginamit lamang dito at sa 17:25. Ang terminong *pneuma* ay ginamit sa Espiritu sa v. 4.

## NATATANGING PAKSA: ANG ESPIRITU (*PNEUMA*) SA NT

Ang Griyegong salita para sa "espiritu" ay ginamit sa ilang mga pamamaraan sa NT. Narito ang ilang mga kinatawang mga pag-uuri at mga halimbawa.

A. Ng Trinidad na Diyos
   1. Ng Ama (cf. Juan 4:24)
   2. Ng Anak (cf. Roma 8:9-10; II Corinto 3:17; Galacia 4:6; I Pedro 1:11)
   3. Ng Banal na Espiritu (cf. Marcos 1:11; Mateo 3:16; 10:20; Juan 3:5,6,8; 7:39; 14:17; Gawa 2:4; 5:9; 8:29,35; Roma 1:4; 8:11,16; I Corinto 2:4,10,11,13,14; 12:7)
B. Ng lakas ng pangtaong buhay
   1. ni Hesus (cf. Marcos 8:12; Juan 11:33,38; 13:21)
   2. ng sangkatauhan (cf. Mateo 22:43; Gawa 7:59; 17:16; 20:22; Roma 1:9; 8:16; I Corinto 2:11; 5:3-5; 7:34; 15:45; 16:18; II Corinto 2:13; 7:13; Filipos 4:23; Colosas 2:5)
C. ng espiritwal na kaharian
   1. espiritwal na mga nilalang
      a. mabuti (i.e., mga anghel, cf. Gawa 23:8-9; Hebreo 1:14)
      b. masama (i.e., demonyo, cf. Mateo 8:16; 10:1; 12:43,45; Gawa 5:16; 8:7; 16:16; 19:12-21; Efeso 6:12)
      c. mga multo (cf. Lucas 24:37)
   2. espiritwal na pagkakaunawa (cf. Mateo 5:3; 26:41; Juan 3:6; 4:23; Gawa 18:25; 19:21; Roma 2:29; 7:6; 8:4,10; 12:11; I Corinto 14:37)
   3. espiritwal na mga bagay (cf. Juan 6:63; Roma 2:29; 8:2,5,9,15; 15:27; I Corinto 9:11; 14:12)
   4. espiritwal na mga kaloob (cf. I Corinto 12:1; 14:1)
   5. inspirasyon ng Espiritu (cf. Mateo 22:43; Lucas 2:27; Efeso 1:17)
   6. espiritwal na katawan (cf. I Corinto 15:44-45)
D. Pagpapakilala
   1. sa saloobin ng mundo (cf. Roma 8:15; 11:8; I Corinto 2:12)
   2. sa paraan ng pag-iisip ng sangkatauhan (cf. Gawa 6:10; Roma 8:6; I Corinto 4:2)
E. sa pisikal na kaharian
   1. hangin (cf. Mateo 7:25,27; Juan 3:8; Gawa 2:2)
   2. paghinga (cf. Gawa 17:25; II Thesalonica 2:8)

Ito ay maliwanag na ang salitang ito ay dapat na maipaliwanag ayon sa pinakamalapit na konteksto nito. May maraming mga bahagyang kahulugan na maaaring tumukoy sa (1) ang pisikal na mundo; (2) ang di-nakikitang mundo; (3) at ang mga mga persona dito sa pisikal na mundo o sa espirtiwal na kaharian.

Ang Banal na Espiritu ay bahagi ng Trinidad na Diyos na kataas-taasang umiiral sa yugto ng kasaysayan. Ang bagong panahon ng Espiritu ay dumating na. Ang lahat na mabuti, banal, tama at katotohanan ay naiuugnay sa Kanya. Ang Kanyang presensya, kaloob at gawain ay mahalaga sa ikasusulong ebanghelyo at ang Kaharian ng Diyos (cf. Juan 14 at 16). Siya ay hindi nagbibigay-pansin sa Kanyang sarili, ngunit kay Kristo (cf. Juan 16:13-14). Siya ay humahatol, nanghihikayat, nanunuyo, nagbabautismo, at pinalalago ang lahat ng mga mananampalataya (cf. Juan 16:8-11).

**2:3 "dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi"** Ang tekstong ito ay lumalabas na naglalarawan ng isang pangyayaring may tunog at liwanag. Ang apoy na katulad ng liwanag ay noong una ay nagkakaisa, ngunit nahati sa magkakaibang pagpapakita at nagtipon sa bawat mananampalataya. Bawat tao sa Itaas na Silid—mga Apostol, miyembro ng pamilya ni Hesus, at mga alagad—ay mayroong nakikitang pagpapatunay ng kanilang pagkakasama. Ang iglesiya ay isa!

Ang Pista ng Pentecostes ay lumago sa Judaismo bilang isang pagdiriwang na pagkakaloob Kautusan kay Moises sa Bundok Sinai (kung kailan ang paglago ng tradisyon ay di-tiyak, ito ay tiyakan noong ikalawang siglo A.D., ngunit maaaring mas maaaga). Samakatuwid, ang malakas na tunog ng hangin at apoy ay maaaring isang paalala ng pagiging kasindak-sindak ni YHWH na bumababa sa Horeb (cf. Exodo 19:16).

Sa OT, ang apoy sumasagisag sa (1) ang presensiya ng isang diyos; (2) kahatulan (cf. Isaias 66:15-18); o (3) paglilinis (cf. Exodo 3:2; Deuteronomio 5:4 at Mateo 3:11). Si Lucas ay gumagamit ng isang paghahalintulad upang subukang ipahayag ang isang natatanging pangyayari ng pisikal na pagpapakita ng Espiritu. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: APOY

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo
   1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
   2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
   3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
   4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
   5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
   6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
   7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
   8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo
   1. nagsusunog (cf. Joshua 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
   2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
   3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
   4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshua 7:15)
   5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora
   1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
   2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
   3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
   4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

Gaya ng maraming mga metapora sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala p isang sumpa depende sa konteksto.

▣ **"sa bawa't isa sa kanila"** Walang pagkakaiba ang ginawa sa pagitan ng mga Apostol o mga alagad; mga lalaki o mga babae (cf. Joel 2:28-32; Mga Gawa 2:16-21).

**2:4 "silang lahat ay nangapuspos ng Banal na Espiritu"** Ang pangayayaring ito ay nabanggit sa Lucas 24:49 at tinawag na "ang ipinangako ng Aking Ama." "Pagpupuspos" ay nauulit (cf. 2:4; 4:8,31; 6:3,5; 7:55; 9:17; 11:24; 13:9). Ito ay nagpapahiwatig ng pang-araw-araw na pagiging katulad ni Kristo (cf. Efeso 5:18 na inihalintulad sa Colosas 3:16). Ito ay iba sa bautismo ng Espiritu, na nagpapakilala ng panimulang karanasang Kristiyano o pagiging kabilang kay Kristo (cf. I Corinto 12:13; Efeso 4:4-5). Ang pagpupuspos ay ang espiritwal pagpapalakas para sa mabisang gawain (cf. Efeso 5:18-20), dito ay pag-e-ebanghelyo! Tingnan ang tala sa 3:10.

Sa maraming paraan ilang pangkat ng Ebangdyelikalsmo ay may puna sa kanilang nakikita bilang kalabisan sa bahagi ng espiritwal na karanasan at pinaliit ang pagbibigay-diin ng NT sa Banal na Espiritu. Ang dalawang aklat na nakatulong sa akin sa aking pagtingin sa isyung ito ay kay Gordon Fee.
   1. *Gospel and Spirit*
   2. *Pablo, the Spirit, and the People of God*

Tingnan ang buong tala sa 5:17.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika"** |
| **NRSV** | **"nagsimulang magsalita ng ibang mga wika"** |
| **TEV** | **"nagsalita ng ibang mga wika"** |
| **NJB** | **"nagsimulang magsalita sa magkakaibang wika"** |

Sa literal, ito ay "ibang mga wika" (*heterais glōssais*). Ang saling "ibang mga wika" ay nagpapahayag ng kaunawaan na ang terminong ito ay batay sa konteksto ng vv. 6 at 11. Ang iba pang maaaring salin ay "mga ekstatikong pagbigkas," batay sa I Corinto 12-14 at maaaring Mga Gawa 2:13. Ito ay di-tiyak kung gaano karaming iba't-ibang mga wika ang binibigkas, ngunit ito ay marami. Kung iyong susubuking pagsama-samahin ang mga bansa at mga rehiyon sa vv. 9-11 ito ay lalagpas sa dalawampu. Marami sa 120 mga mananampalataya ay nagsasalita sa isang wika.

Ang Diyos ay gumawa ng isang natatangi at makapangyarihang bagay upang bigyang-sigla ang maliit na pangkat na ito ng natatakot ng mga lalaki at babae na naghihintay sa isang isinarang itaas na silid na maging mga matatapang na tagapamahayag ng ebanghelyo (kapwa mga lalaki at babae). Kung anuman itong panimulang tanda ng pagdating ng ipinangakong Banal na Espiritu, ginamit ito ng Diyos upang pagtibayin ang Kanyang pagtanggap sa ibang mga pangkat (e.g., mga Samaritano, mga pinuno ng Romanong hukbo, at mga Hentil). "Mga wika" sa Mga Gawa ay palagiang isang tanda sa mga mananampalataya na ang ebanghelyo na nadaig ang iba pang panglahi, heograpikong hadlang. Mayroong natatanging pagkakaiba sa pagitan ng mga wika saMga Gawa at ang lumaong gawain ni Pablo sa Corinto (cf. I Corinto 12-14).

Sa teolohiya, ito ay maaarin na ang Pentecostes ay ang tuwirang kapaliktaran ng tore ng Babel (cf. Genesis 10-11). Gaya ng mapagmataas, mapaghimagsik na mga tao ay naggigiit sa kanilang kalayaan (i.e., pagtangi na humayo at punuin ang mundo), ipinatupad ng Diyos ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng paglalakip ng maraming mga wika. Ngayon, sa bagong panahon ng Espiritu, ang nasyonalismo ang humaharang sa mga taong magkaisa (i.e., isang mundong pamahalaan ng eschaton) na para sa mga mananampalataya ay naging salungat. Ang pakikipag-ugnayang Kristiyano sa bawat pantaong hangganan (i.e., edad, kasarian, uri, heograpiya, wika) ay ang pagpapaligtad ng kinasapitan ng Genesis 3.

▣ **"ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain"** Ang PANDIWA ay DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang ang Espiritu ay nagsimulang ipagkaloob sa kanila. Ang salitang "pagbigkas" (*apophtheggomai*) ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA (deponent) PAWATAS. Ang terminong ito ay ginamit lamag ni Lucas sa Mga Gawa (cf. 2:4,14; 26:25). Ito ay ginamit sa Septuagint para sa pagsaalita ng mga propeta (i.e., pahayag na kinasihan ng Espiritu, cf. Deuteronomio 32:2; I Cronica 25:1; Ezekiel 13:9,19; Mikas 5:11; Zacarias 10:2).

Pinili ko ang pagpapaliwanag na ito sa etimolohikong kahulugan sa Clasikong Griyego na "itinaas na tunog," "pamukaw na pagsasalita," o "itinaas na retorikong pagsasalita." Nalalaman ni Lucas ang Septuagint at naimpluwensiyahan ng terminolohiyang ito. Ang Septuagint ayang Bibliya ng Mediteranong mundo at naging Bibliya ng Iglesiya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:5-13

**[5]May mga nagsisitahan nga sa Herusalem na mga Hudyo, mga lalaking relihiyoso, na buhat sa bawa't bansa sa ilalim ng langit. [6]At nang marinig ang ugong na ito, ay nangagkatipon ang karamihan, at nangamaang, sapagka't sa kanila'y narinig ng bawa't isa na sinasalita ang kaniyang sariling wika. [7]At silang lahat ay nangagtaka at nagsipanggilalas, na nangagsasabi, Narito, hindi baga mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitang ito? [8]"At bakit nga naririnig ng bawa't isa sa atin, ang ating sariling wikang kinamulatan? [9]"Tayong mga Parto, at mga Medo, at mga Elamita, at ang nanganananahan sa Mesapotamia, sa Judea, at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia, [10]Sa Frigia at Pamfilia, sa Egipto at sa mga sakop ng Libia na karatig ng Cirene at mga nakikipamayang galing sa Roma, mga Hudyo, at gayon din ang mga naging Hudyo, [11]Mga Cretense at mga Arabe, ay nangaririnig nating nagsisipagsalita sila sa ating mga wika ng mga makapangyarihang gawa ng Diyos." [12]At silang lahat ay nangagtaka at nangalito, na sinasabi ng isa sa isa, Anong kahulugan nito?" [13]Datapuwa't ang mga iba'y nanganglilibak na nangagsabi, Sila'y puno ng bagong alak."**

**2:5 "relihiyoso"** Ang terminong ito ay nangangahulugang "tumatangan ng isang bagay na mabuti" (cf. LXX Levitico 15:31; Mikas 7:2). Sa kalagaya ng unang siglong Judaismo, ito ay nagpapahiwatig ng isang paggalang sa Diyos at nga tradisyon ng mga Matatanda (i.e., mga Pasalitang Tradisyon, na naging Talmud). Sila ay maka-Diyos, relihiyosong tao (cf. 8:2; 22:12; Lucas 2:25). Ito ay katulad sa kahugan sa "walang bahid" ginamit kina Noah at Job.

▣ **"buhat sa bawa't bansa sa ilalim ng langit"** Ang lahat ng mga lalaking Hudyo ay mariing hinihimok na dumalo sa tatlong pangunahing taunang pista (cf. Levitico 23) at ang Templo (cf. Deuteronomio 16:16). Sila ay mga

1. maaaring naglalakbay mula sa lahat ng dako ng Mediteranong bahagi na dumating sa Herusalem para sa Paskwa at nanatili hanggang Pentecostes
2. mga palagiang naninirahan na lumipat sa anumang dako sa labas ng Herusalem (cf. ginamit ang salita sa 4:16; 7:24; 9:22,32) Ito ay may dakilang teolohikong pahiwatig (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

**2:6 "nang marinig ang ugong na ito"** Ito ay maaaring tumukoy sa (1) ang ugong ng agarang hangin (cf. v. 2) o (2) ang mga mananampalataya na nagsasalita ng ibang mga wika (cf. v. 4).

▣
**NASB, NRSV,**

**NJB** **"nangamaang"**
**NKJV** **"naguluhan"**
**TEV** **"nabigla"**

Ang katulad na termino ay ginamit sa Septuagint sa Genesis 11:7,9, na nag-uugnay sa pagkalito ng mga wika at ang Tore ng Babel. Ang sa akin, ang Pentecostes ay ang simbolikong kabaliktaran ng nasyonalismong nagsimula sa Tore ng Babel, una sa pagpaparusa para sa makasalanang pagtanggi ng sangkatauhan sa kalooban ng Diyos na humayo at ikalawa para sa kaligtasan ng tao mula sa isang mundong pamahalaan. Ang *Jerome Biblical Commentary*, tomo 2, p. 172, ay lalo pang pinalakas ang pananaw na ito sa paggamit ng *diamezizō* sa Mga Gawa 2:3, na isang di-karaniwang terminong, ngunit ginamit din sa Septuagint ng Deuteronomio 32:8 para sa pagpapakalat sa Tore ng Babel. Ang mga mananampalataya ay hindi na hiwalay sa nasyonalidad! Tingnan ang tala sa 9:22.

▣ **"nangagkatipon ang karamihan"** Ito ay nagpapahiwatig na ito ay nangyari sa lugar ng Templo dahil isang malaking bilang ng tao ay hindi kakasya sa isang maliit na itaas na silid o sa isang maliit na lansangan sa Herusalem.

▣ **"bakit nga naririnig ng bawa't isa sa atin, ang ating sariling wikang kinamulatan"** Ito ay maaaring isang himala ng pagdinig, hindi kinakailangang pagsasalita (cf. vv. 8 at 11). Kung ang maraming taong ito, lahat ay nakakapagsalita n-ibang wika, ay nagwika nang sabay-sabay, ito ay maaaring nakakalito. Ito ay ang teolohiking kabaliktaran ng Tore ng Babel (cf. Genesis11).

Ito ay ang Griyegong terminong *dialektos* (cf. v. 8), kung saan, ating makukuha ang Ingles na terminong "dialekto." Madalas na ginagamit ni Lucas ang terminong ito sa Mga Gawa (cf. 1:19; 2:6,8; 21:40; 22:2; 26:14). Ito ay ginamit sa kaunawaan ng "wika." Gayunman, sa kontekstong ito, ang dialekto ay maaaring ang ninais na kahulugan. Ang mga Hudyong ito ay narinig ang patungkol kay Hesus sa kanilang katutubong dialekto. Ito ay para sa isang pagpapatibay na tanda sa kanila ng pagiging matapat ng bagong mensahe patungkol sa Diyos at sa pangkalahatang pagsasama nito!

**2:7,12** Pansinin ang lahat ng magkakaibang mga termino sa pagpapahayag ng mataas na emosyon sa kontekstong ito.

1. *sunechō*, "nangamaang" (v. 6)
2. *existēmi*, "nangataka" (v. 7)
3. *thaumazō*, "nagsipanggilalas" (v. 7)
4. *diaporeō*, "nangalito" (v. 12)

▣ **"Narito, hindi baga mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitang ito"** Ang retorikong tanong na ito (inaasahan ang isang "oo" na sagot) ay tinanong dahil sa kanilang hilagang punto (i.e., dialekto, cf. Mateo 26:73). Ang salitang "bakit" ay nagpapakita ng Griyegong terminong *idou* (narito), na ginamit ng dalawampu't-tatlong beses sa Mga Gawa at Lucas.

**2:9 "mga Parto, at mga Medo, at mga Elamita, at ang nangananahan sa Mesapotamia"** Ang lahat ng mga pangkat na ito ay mula sa Fertile Crescent (Mesopotamia), kung saan tinawag si Abraham (Ur ng Chaldea, cf. Genesis 11:28) at kung saan Israel at Judah ay ipinatapon (taga-Assyria, taga-Babylonia).

▣ **"Judea"** Bakit naitala ang Judea sa pagitan ng dalawang ibang di-magkaugnay na mga bansa? Bakit ito naitala na walang PANTUKOY, na maaaring tama sa gramatika? Magugulat ba ang mga tao sa Judea na ang mga taga-Galilea ay nagsasalita ng Aramaiko? Dahil sa mga tanong na ito, marami ang nagpalagay na ang inakalang isang maagap na pang-eskribang pagkakamali ay nangyari, at terminong ito ay tumutukoy sa ibang bansa.

1. Tertullian, Augustine – Armenia
2. Jerome – Syria
3. Chrysostom, Erasmus – India
4. para sa maraming makabagong mga mungkahi, tingnan si Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, p. 293.

**2:9-10 "Capadocia, sa Ponto at sa Asia, Frigia at Pamfilia"** Ang pangkat na ito ay mula sa makabagong Turkey.

**2:10 "sa Egipto at sa mga sakop ng Libia na karatig ng Cirene"** Ang mga pangkat na ito ay mula sa Hilagang Aprika.

▣ **"galing sa Roma"** Ang mga Hudyong manlalakbay na nagbagong-buhay sa pangyayaring ito ay maaaring ang pinagmula ng iglesiya sa Roma.

▣ **"ang mga naging Hudyo"** Ito ay maaaring tumukoy sa Hentil na sumama sa Judaismo na kailangang

1. ingatan ang Kautusan ni Moises
2. tuliin ang mga lalaki
3. mabautismuhan ang kanilang sarili sa harapan ng saksi
4. kung maaari ay maghandog ng hain sa Templo

Sila ay nandoon sa Herusalem dahil ang lahat ng Hudyong lalaki ay kinakailangang dumalo sa tatlong pangunahing mga araw ng pista taon-taon (cf. Exodo 23 at Levitico 23).

**2:11 "Mga Cretense"** Ito ay isang malaking pulo sa Mediterano malapit sa Turkey. Ito ay maaaring tumayo bilang isang sama-samang termino para sa lahat ng pulo ng Aegean.

▣ **"mga Arabe"** Ito ay maaaring tumukoy sa mga kaanak ni Esau. Maraming mga Arabeng tribo na malaganap sa katimugang Near East. Ang talang ito ay nagpapakilala sa mga Hudyo ng unang siglo ang buong kilalang mundo. Ito ay maaaring isang talinghaga na katulad sa pitumpung mga wika ng mundo gaya ng isang Hudyong simbolo para sa lahat ng sangkatauhan (cf. Lucas 10). Ang katulad na kaisipang ito sa ipinahayag sa Deuteronomio 32:8 sa LXX.

**2:12** Ang mga manlalakbay ay kinilala ang natatanging pangyayaring ito bilang isang tanda ng kahalagahan. Sinamantala ni Pedro ang pagkakataong sagutin ang kanilang mga taong.

**2:13 "Sila'y puno"** Ito ay isang PERIPHRASTIC GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahayag na ang mga alagad na ito ay linasing ang kanilang sarili sa isang kalalagayan ng pagkalasing at sila ay nanatiling lango.

▣ **"bagong alak"** Isang paliwanag ng kalagayan ay ang mga tagasunod ni Hesus ay lasing (cf. Efeso 5:18a). Paano ipinaliwanag ng kalasingan ang lingwistikong mga kakayahan? Natitiyak ko na mayroon ding kalagayan ng katuwaan at kaligayahan.

## NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL

I. Biblikal na mga Salita
   A. Lumang Tipan
      1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
      2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
      3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
      4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).
   B. Bagong Tipan
      1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng of *yayin*
      2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
      3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit
   A. Lumang Tipan
      1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
      2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
      3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
      4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
      5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8;

Hosea 4:11).

6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblikal*
1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan
1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon
1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan
1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim

A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.

B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."

C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.

D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).

E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.

F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.

G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad

A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.

B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa

posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.

C. Para sa akin, ang Roma 14 at I Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.

D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak.(e.g., Europa, Israel, Argentina)?

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2: 14-21

**[14]Datapuwa't pagtindig ni Pedro na kasama ang labing-isa, ay itinaas ang kaniyang tinig, at sa kanila'y nagsaysay, na sinasabing, Kayong mga lalaking taga Judea, at kayong lahat na nangananahan sa Herusalem, mangaalaman nawa ninyong lahat ito, at inyong pakinggan ang aking mga salita. [15]"Sapagka't ang mga ito'y hindi mga lasing, na gaya ng inyong inaakala; yamang ngayo'y oras na ikatlo lamang ng araw; [16]Datapuwa't ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel: [17]'AT MANGYAYARI SA MGA HULING ARAW, sabi ng Diyos, NA IBUBUHOS KO ANG AKING ESPIRITU SA LAHAT NG LAMAN: AT ANG INYONG MGA ANAK NA LALAKE AT BABAE AY MANGANGHUHULA, AT ANG INYONG MGA BINATA AY MANGAKAKAKITA NG MGA PANGITAIN, ANG INYONG MGA MATATANDA AY MAGSISIPANAGINIP NG MGA PANAGINIP: [18]OO'T SA AKING MGA LINGKOD NA LALAKE AT SA AKING MGA LINGKOD NA BABAE, SA MGA ARAW NA YAON IBUBUHOS KO ANG AKING ESPIRITU; AT MAGSISIPANGHULA SILA. [19]'AT MAGPAPAKITA AKO NG MGA KABABALAGHAN SA LANGIT SA ITAAS, AT MGA TANDA SA LUPA SA IBABA, DUGO, AT APOY, AT SINGAW NG USOK: [20]' ANG ARAW AY MAGIGING KADILIMAN, AT ANG BUWAN AY DUGO, BAGO DUMATING ANG ARAW NG PANGINOON, YAONG ARAW NA DAKILA AT TANGI: [21]'AT MANGYAYARI NA ANG SINOMANG TUMAWAG SA PANGALAN NG PANGINOON, AY MALILIGTAS.'**

**2:14 "Pedro"** Kung iisipin, sa lahat ng mga alagad, si Pedro pa ang isang nangaral ng unang Kristiyanong pangangaral! Ang isang nagkaila na kilala si Hesus nang tatlong beses (cf. Lucas 23)! Ang pagbabago ni Pedro mula sa kaduwagan at pagtatatwa hanggang sa katapangan at espiritwal na kabatiran ay isa pang katunayan ang ang panahon ng Espiritu ay nagpabukang-liwayway na may kapangyarihang nakakapagpabago ng buhay. Ito ay ang kanyang unang naitalang pangangaral sa Mga Gawa. Ito ay nagpapakita sa atin ng nilalaman at pagbibigay-diin sa pangangaral ng mga Apostol. Ang mga Apostolikong pangangaral ay bumuo ng isang bahalagang bahagi sa Mga Gawa.

## NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESYA

A. Ang mga pangako ng Diyos na ginawa sa Lumang Tipan ay nagkaroon na ngayon na katuparan sa pagdating ni Hesus ang Mesias (Mga Gawa 2:30-31; 3:19,24; 10:43; 26:6-7,22; Roma 1:2-4; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:1-2; I Pedro 1:10-12; 2 Pedro 1:18-19).

B. Si Hesus ay pinahiran ng Diyos bilang isa Mesias sa Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:38).

C. Si Hesus ay nagsimula ng Kanyang ministeryo sa Galilea pagkatapos ng Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:37).

D. Ang Kanyang ministeryo ay nakikitaan ng pagagawa ng mabuti at pagpapamalas ng matitinding mga gawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (Marcos 10:45; Mga Gawa 2:22; 10:38).

E. Ang Mesias ay ipinako sa krus ayon sa walang hanggang layunin ng Diyos (Marcos 10:45; Juan 3:16; Mga Gawa 2:23; 3:13-15,18; 4:11; 10:39; 26:23; Roma 8:34; I Corinto 1:17-18; 15:3; Galacia 1:4; Hebreo 1:3; I Pedro 1:2,19; 3:18; I Juan 4:10).

F. Siya ay binuhay mula sa mga patay at nagpakita sa Kanyang mga alagad (Mga Gawa 2:24,31-32; 3:15,26; 10:40-41; 17:31; 26:23; Roma 8:34; 10:9; I Corinto 15:4-7,12ff; I Thesalonica 1:10; I Timoteo 3:16; I Pedro 1:2; 3:18,21).

G. Si Hesus ay inangat ng Diyos at binigyan ng pangalang "Panginoon" (Mga Gawa 2:25-29,33-36; 3:13; 10:36; Roma 8:34; 10:9; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:3; I Pedro 3:22).

H. Ibinigay Niya ang Banal na Espiritu upang magtatag ng bagong komunidad ng Diyos (Mga Gawa 1:8; 2:14-18,38-39; 10:44-47; I Pedro 1:12).

I. Siya ay muling babalik para sa paghuhukom at pagpapanibago ng lahat ng bagay (Mga Gawa 3:20-21; 10:42; 17:31; I Corinto 15:20-28; I Thesalonica 1:10).

J. Lahat ng nakarinig sa mensahe ay dapat na magsisi at mabautismuhan (Mga Gawa 2:21,38; 3:19; 10:43,47-48; 17:30; 26:20; Roma 1:17;10:9; I Pedro 3:21).

Ang panukalang ito ay nagsisilbing mahalagang pagpapahayag ng naunang iglesiya, bagaman magkakaiba ang mga may-akda ng Bagong Tipan ay maaaring mag-iwan ng bahagi o magbigay-diin sa ibang mga bahagi ng kanilang

pangangaral. Ang kabuuan ng Ebanghelyo ni Marcos ay malapitang sinusunod ang aspeto ng kerygma ni Pedro. Si Marcos, sa tradisyon, ay tinitingnan bilang pagbabalangkas ng mga pangangaral ni Pedro, na ipinangaral sa Roma, na isang isinulat na Ebanghelyo. Kapwa ang Mateo at Lucas ay sumusunod sa panimulang balangkas ng Marcos.

▣ **"kasama ang labing-isa"** Ito ay nagpapakita ng dalawang bagay: (1) si Pedro ay ang tagapagsalita, ngunit bahagi pa ri ng Apostolikong pangkat. Siya ay hindi nagpapahayag ng nag-iisa o sa kanyang sariling kapangyarihan. Ang Espiritu ang nagpapahayag nang natatangi sa pamamagitan nitong buong pangkat ng tinawag, mga saksing nakakita at (2) si Matthias, bagaman wala tayong nalalaman patungkol sa kanyang ministeryo, ay naging ganap na bahagi ng Apostolikong pangkat.

▣ **"mga lalaking taga Judea, at kayong lahat na nangananahan sa Herusalem"** Ang mga taong pinagpapahayagan dito ay tila naiiba mula sa mga manlalakbay na sinasalaysay ang nasyonalidad sa vv. 7-11.

▣ **"mangaalaman nawa ninyong lahat ito, at inyong pakinggan ang aking mga salita"** Ang mga ito ay kapwa MGA PAUTOS. Ang unang ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS at ang ikalawang an AORIST NA PANGGITNA (deponent). Nais ni Pedro ang kanilang nagkakaisang pakikinig.

Ang pariralang ito ay tila isang Semitikong wikain. Ito ay ginamit nang dalawang beses upang ipakilala ang mga pangangaral Pedro (cf. 2:14; 4:10) at dalawang beses kay Pablo (cf. 13:38; 28:28). Si Lucas ay isang Hentil na mananampalataya na nasa sapat na gulang. Ang palatandaang ito ng mga Semitikong wikain ay nagpapakita na si Lucas ay hindi gumagawa ng mga pangangaral sa Mga Gawa para sa kanyang mga teolohikong layunin, ngunit matapat na binubuod ang kanyang mga sanggunian.

**2:15 "ang mga ito'y hindi mga lasing"** Si Pedro, sa pagsagot sa mga paratang sa v. 13, ay nagsabing ito ay maaagapara sa mga Orthodox na Hudyo na uminom ng alak. Sumusunod ito sa rabinikong pagpapaliwanag ng Exodo 16:8 (cf. E. M. Blaiklock, Tyndale NT Commentary Series, *Mga Gawa*, p. 58).

▣ **"oras na ikatlo"** Ito ay maaaring 9:00 a.m. Ito ay ang oras ng pang-araw-araw na umagang paghahain sa Templo. Ito ay naging isang natatanging oras ng panalangin para sa mga Hudyo. Ang "ikatlong oras" ay isang pang-Hudyo tanda sa oras. Ang mga may-akda ng Bagong Tipan (lalo na sa Juan) ay kapwa gumagamit ng Hudyo at Romanong mga tanda sa oras.

**2:16 "ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel"** Ito ay isang sipi mula sa Joel 2:28-32 na galing sa Septuagint. Si Hesus mismo ang maaaring naging pinanggalingan ng pagkilala sa propesiyang talata na natupad na (cf. Lucas 24:27,45).

**2:17 "SA MGA HULING ARAW"** Ang pariralang ito ay ang pagbabago ni Lucas sa teksto ng Septuagint at hindi dapat na malaking titik. Sa OT, ang pariralang ito ay tumutukoy sa wakas ng panahon at ang pagdating ng Panahon ng Mesias. Sa NT ang "mga huling araw" ay tumutukoy sa magkapatong ng dalawang Hudyong panahon. Ang Bagong Panahon ay nagsimula sa pagkakatawang-tao ni Hesus sa Bethlehem at magwawakas sa Kanyang Pangalawang Pagdating. Tayo ay nabubuhay sa pag-iigting (tensyon) sa pagitan ng "nanganap na" at "ang hindi pa" ng Kaharian ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON

Ang mga propeta sa OT ay tinitingnan ang hinaharap bilang bilang isang kadugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikong Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggi kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng pagkakatapon) isang bagong tularan ang nabuo sa pang-Hudyong intertestamental na panitikang apoliptiko (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na pinangibabawan ni Satanas at ang daarating na panahon ng katuwiran na pinapangibabawan ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas na isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na "umuunlad na kapahayagan." Ang NT ang nagpapatibay sa bagong kosmikong katotohanan ng dalawang panahon (i.e., isang pansamantalang dualismo).

| Hesus | Pablo | Hebreo |
|---|---|---|
| Mateo 12:32 | Roma 12:2 | 1:2 |
| Mateo 13:22 & 29 | I Corinto 1:20;2:6,8;3:18 | 6:5 |

| | | |
|---|---|---|
| Marcos 10:30 | II Corinto 4:4 | 11:3 |
| Lucas 16:8 | Galacia 1:4 | |
| Lucas 18:30 | Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12 | |
| Lucas 20:34-35 | I Timoteo 6:17 | |
| | II Timoteo 4:10 | |
| | Tito 2:12 | |

Sa NT na teolohiya ang dalawang pang-Hudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing pagtataya ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa propesiya sa OT ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap (hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay ang pag-igting sa NT na narito na, ngunit hindi pa!

▣ **"sabi ng Diyos"** Codex Bezae, MS D, ay may *kurios* (Panginoon). Ang *Kurios* ba ay tumutukoy sa OT YHWH o kay Hesus, ang Mesias? Ito ay may katiyakan na maaaring ang *Theos* (Diyos) ay isang pangkasulatang pagtatangka na linawin ang nagsalita.

▣ **"NA IBUBUHOS KO ANG AKING ESPIRITU SA LAHAT NG LAMAN"** Pansinin ang pangkalahatang sangkap (cf. v. 39). Ang lahat ng lumang tradisyonal ng mga handlang ay babagsak kay Kristo (cf. I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Efeso 3:6; Colosas 3:11). Bagaman walang Hudyo-Hentil na kaibahan ang nabanggit sa Joel 2, pansinin na ang v. 38, na nagpapahiwatig na walang mga kaibahan. Ibinabahagi ni YHWH ang Kanyang Espiritu sa lahat ng tao na nilikha sa Kanyang larawan (sa literal, "lahat ng laman"), na binibigyang-diin sa Genesis 1:26-27.

▣ **"MGA ANAK NA LALAKE AT BABAE AY MANGANGHUHULA…MGA LALAKI AT MGA BABAE, IBUBUHOS KO ANG AKING ESPIRITU"** Ito ay maaaring isang tiyak na katuparan ng Mga Bilang 11:29. Pansinin na walang pagbubukod sa kasarian.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BABAE SA BIBLIYA

I. Ang Lumang Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
      1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
      2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
      3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
      4. mga babae bilang mga samsam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)
   B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay
      1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
      2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
      3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
      4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
      5. ang gma anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
      6. bahagi ng taong nakipagkasundo (Deuteronomio 29:10-12)
      7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
      8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronica 25:5-6)
      9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)
   C. Ang mga kababaihan ay mga tungkulin sa pamumuno
      1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Micah 6:4)

2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng interpretasyon ang bagong tagpong "Aklat ng Kautusan" (II Hari 22:14; II Chronica 34:22-27)
5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya

II. Ang Bagong Tipan

A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).

B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno
1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Gawa 16:14,40)
4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Gawa 21:8-9)
5. Si Phoebe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Gawa 18:26; Roma 16:3)
7. Sina Maria, Tryphaena, Tryphosa, Persis, Julia, kapatid ni Nereus' sister, maraming kamanggaawa ni Pablo (Roma 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?
1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan
   a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Gawa 15; Galacia3)
   b. unang siglong Judaismo
   c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
      (1) ang sistemang legal ng of paganong Roma (I Corinto 6)
      (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I Corinto 7:20-24)
      (3) ang selibato (I Corinto 7:1-35)
      (4) ang mga birhen (I Corinto 7:36-38)
      (5) ang pag-aalay ng pagkain sa mga idolo (I Corinto 8; 10:23-33)
      (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang to a particular na panahon.

B. Ang Biblikal na interpretasyon ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang interpretasyon. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa interpretasyon ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos and Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay

nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Subalit, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabIsaias

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung if ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at maluDiyos ang Diyos sa mga babaing namumuno? and pleased with women leaders? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, and *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa

*How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)

*Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee

*Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Peter H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

▣ **"propesiya"** Mayroong hindi kukulang sa dalawang paraan upang maunawaan ang terminong ito: (1) sa mga sulat sa Corinto, ang terminong ito ay tumtukoy sa pagbabahagi o pangangaral ng ebanghelyo (cf. 14:1; Mga Gawa 2:17) (2) ang aklat ng Mga Gawa ay nagbanggit ng mga propeta (cf. 12:27; 13:1; 15:32; 22:10, kahit na nga babaeng propeta, 21:9), na nakakapanghula sa hinaharap (tingnan ang Natatanging Paksa sa 11:27).

Ang suliranin ang terminong ito ay, kung paano ang kaloob na propesiya NT ay nauugnat sa mga propeta sa OT? Sa OT ang mga propeta ay manunulat ng Banal na Kasulatan. Sa NT ang gawaing ito ay ipinagkakaloob sa orihinal na labindalawang mga Apostol at kanilang mga katuwang. Ang terminong "apostol" ay pinanatili bilang isang nagpapatuloy na kaloob (cf. Efeso 4:11) ngunit may mga binagong gawain pagkatapos ng kamatayan ng Labindalawa, kaya gayundin, ang tungkulin ng propeta. Ang inspirasyon ay lumipas na, wala nang karagdagang Kasulatan (cf. Judas 3,20). Ang pangunahing gawain ng mga propeta sa Bagong Tipan ay ang ipangaral ang ebanghelyo, ngunit isang ring naiibang gawain, maaaring kung papaanong ilapat ang mga katotohanan sa NT sa kasalukuyang mga kalagayan at mga pangangailangan.

▣ **"MGA BINATA…MATATANDA"** Pansinin na wala nang pag-iiba sa katandaan (edad).

**2:18 "OO'T SA AKING MGA LINGKOD"** Pansinin na walang pagtatangi sa sosyo-ekonomiko. Idinagdag ni Pedro ang terminong "propesiya" sa propesiya ni Joel. Ito ay hindi sa Masoretikong Hebreo na teksto o ang Griyegong Septuagint, ngunit ito ay ipinahiwatig mula sa v. 17.

Gaya ng sa Lucas 24 (vv. 3,6,12,17,32,36,40,51) na maraming tekstwal na kaibahan, kaya gayundin sa Mga Gawa (i.e., 2:11,18,37,44). Ang mga kaibahang ito ay kadalasang nauugnay sa isang mas maikling tekstong matatagpuan sa MS D (Bezae mula sa ang ika-5 siglo) at sa ilang kaunting Lumang Lating salin (ito ay mula sa ika-5 siglo). Kadalasang ng mga kanlurang

pamilya ng nga Griyegong kasulatan ay nagdadagdag ng mga parirala, ngunit sa Lucas/Mga Gawa ito ay may mas maiksing pagbasa. Karamihan ng mga Ingles na salin ay isinasama ang lahat ng Alejandrinong pamilya ng mga kasulatang may mas mahabang salin

Tingnan ang Panimula sa Mga Gawa, "Mga Panimulang Pamamahayag," E.

**2:19-20** Ito ay apokaliptikong wika, na malinaw dahil ipinahayag ni Pedro na ito ay natupad na, ngunit wala sa mga tinurang mga kababalaghan sa kalikasan ay naganap, maliban na maaaring ang kadiliman habang si Hesus ay nasa krus. Ito ay nagpapahayag sa naglalarawang wika ng pagdating ng Manlilikha at Tagapaghatol. Sa OT ang Kanyang mga pagdating ay maaaring pagpapala o kahatulan. Ang lahat ng nilikha ay nagangatal sa Kanyang pagdating (cf. Isaias 13:6ff at Amos 5:18-20). Sa OT propesiya walang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng ang Pagkakatawang-tao (unang pagdating) at ang *Parousia* (ikalawang pagdating). Ang mga Hudyo ay inaasahan ang isa lamang na pagdating at nasa isang makapangyarihan Tagahatol/Manunubos. Isang malaking tulong na aklat sa apokaliptikong wika ay si D. Brent Sandy, *Plowshares ang Pruning Hooks: Rethinking Prophetic and Apocalyptic Language.*

## NATATANGING PAKSA: APOKALIPTIKONG PANITIKAN

(Ang natatanging paksang ito ay kinuha mula sa aking komentaryo sa pahayag.)

Ang Pahayag ay isang natatanging Hudyong pampanitikan dyanra, isang apokaliptiko. Ito ay madalas na ginamit sa puno ng tensyon na panahon (i.e., ang Israel ay dominado ng Hentil na mga kapangyarihan) upang iphayag ang kombiksyon na ang Diyos ay may kontrol sa kasaysayan at magdadala pagpapalaya sa Kayang bayan. Ang tipong ito ng panitikan ay kinakikitaan ng

1. isang malakas na pakahulugan ng unibersal na soberinidad ng Diyos (monoteismo at determinismo)
2. isang labanan sa pagitan ng mabuti at masama, ang masamang panahon na ito at ang panahon ng katuwiran na darating (dualismo)
3. ang paggamit sa sekretong kodigong mga salita (madalas mula sa OT o intertestamental na Hudyong apokaliptikong panitikan)
4. ang paggamit sa mga kulay, mga hayop, at minsan mga hayop/mga tao
5. ang paggamit sa malaanghel na pamamagitan sa paraan ng mga pangitain at mga panaginip, ngunit madalas sa pamamagitan ng malaanghel na interpretasyon
6. unang-una na nagpopokus sa dagliang-pagparito, klikmatikong mga pangyayari ng pangwakas na panahon (bagong panahon )
7. paggamit sa isang nakatakdang pangkat ng mga simbolo, hindi realidad, upang ipagbigay alam at pangwakas na panahon na mensahe mula sa Diyos
8. Ilang mga halimbawa ng tipong dyanrang ito ay mga:
   a. Lumang Tipan
      (1) Isaias 13-14; 24-27; 56-66
      (2) Ezekiel 1; 26-28; 33-48
      (3) Daniel 7-12
      (4) Joel 2:28-3:21
      (5) Zacarias 1-6, 12-14
   b. Bagong Taon
      (1) Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21, at I Corinto 15 (sa ilang mga paraan)
      (2) II Tesalonica 2 (sa maraming mga paraan)
      (3) Pahayag (mga kabanata 4-22)
   c. Daniel 7-12 at Pahayag 4-22 ay mga klasikong mga halimbawa ng dyanrang ito sa Bibliya
9. hindi kanonikal (kinuha mula sa D. S. Russell, *The Method and Message of Jews Apocalyptic*, pp. 37-38)
   a. I Enoch, II Enoch (ang Secrets of Enoch)
   b. Ang Aklat ng Jubilees
   c. Ang Sibylline Oracles III, IV, V
   d. AngTestamento ng Labindalawang mga Patriyarka
   e. Ang Awit ni Solomon
   f. Ang Pagpapalagay ni Moises
   g. Ang Pagkamartir ni Isaias
   h. Ang Apokalipso ni Moises (Buhay nina Adan at Eba)
   i. Ang Apokalipso ni Abraham
   j. Ang Testamento ni Abraham
   k. II Esdras (IV Esdras)
   l. II & III Baruch
10. Mayroong pakiramdam ng dualidad sa dyanrang ito. Nakikita nito ang realidad bilang isang serye ng mga

dulaismo, salungatan, o mga tensyon (na napakakaraniwan sa mga kasulatan ni Juan) sa pagitan ng:

a. langit - lupa
b. masamang panahon (masamang mga tao at masamang mga anghel) – bagong panahon ng katuwiran (makadiyos na mga tao at makadiyos na mga anghel)
c. kasalukuyang pag-iiral – panghinaharap na pag-iiral

Lahat ng mga ito ay gumagalaw tungo sa isang kaganapan na dinala ng Diyos. Hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos na maging ito, ngunit Siya ay nagpatuloy sa pagplano, paggawa, at itinuon ang Kanyang kalooban para sa isang restorasyon ng matalik na pakikisama na nagmula sa Hardin ng Eden. Ang Kristyanong pangyayari ay ang pinagmumulan ng plano ng Diyos, ngunit ang dalawang mga pagdating na ito ay nagdala ng kasalukuyang mga dualismo.

**2:20 "ang araw ng Panginoon, Yaong araw na dakila at tangi"** Ang terminong "maluwalhati" ay mula sa katulad na ugat na *epiphaneia*, na kadalasang ginagamit sa Pangalawang Pagdating ni Hesus (cf. I Timoteo 6:14; II Timoteo 4:1; Tito 2:13). Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG IKALAWANG PAGDATING

Ang literal nito ay "hanggang ang *parousia,*" na ibig sabihin "presensya," at ginamit sa maharlikang pagbisita. Ang ibang NT mga termino ay ginamit para sa Ikalawang Pagdating ay mga (1) *epiphaneia,* "mukha sa mukha na paglilitaw"; (2) *apokalupis*, "pag-aalis ng talukbong"; at (3) "ang Araw ng Panginoon" at ang mga baryante ng pariralang ito.

Ang NT sa kabuuan ay isinulat sa loob ng mundong pananaw ng OT, na nagsasaad ng

1. isang kasalukuyang kasamaan, mapanghimagsik na panahon
2. isang paparating na bagong panahon ng katuwiran
3. ito ay maaring dalhin ng ahensya ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ng Mesyas (Ang Pinahirang Isa)

Ang teolohikal na pagpapalagay ng progresibong kapahayagan ay kinailangan dahil ang NT mga may-akda ay bahagyang binago ang ekspektasyon ng Israel.

Sa halip ng isang militar, pambansang pokus (Israel) na pagdating ng Mesyas, mayroong dalawang mga pagdating. Ang unang pagdating ay ang inkarnasyon ng diyos sa konsepsyon at kapanganakan ni Hesus ng Nazareno. Siya dumating bilang hindi militar, hindi panghukuman na "nagdurusang tagapaglingkod" ng Isaias 53; gayundin ang malumanay na mananakay ng isang bisiro o isang asno (hindi pangdigma o pangharing kabayo), ng Zacarias. 9:9. Ang unang pagdating na pinasinayaan ng Bagong Mesyanikong Panahon, ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa isang pakahulugan ang Kaharian ay narito, ngunit syempre, sa iba pa ito ay malayo pa rin. Sa tensyong ito sa pagitan ng dalawang mga pagdating ng Mesyas na, sa pakahulugan, ay ang pagpapatong ng dalawang Hudyong mga panahon na hindi nakikita, o medyo hindi malinaw, mula sa OT. Sa realidad, ang dalawahang pagbibigay-diin na sa pagtupad sa pangako ni YHWH upang tubusin ang lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5 at ang pangangaral ng mga propeta, lalo na ang Isaias at Jonah).

Ang iglesya ay hindi naghihintay para sa katuparan ng OT propesiya dahil lahat ng mga propesiya ay tumutukoy sa unang pagdating (cf. *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 165-166). Ano ang inaasahan ng mga mananampalataya sa maluwalhating pagdating ng muling binuhay na Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon, ang inasahang historikal na katuparan ng bagong panahon ng katuwiran sa mundo na gaya ng sa langit (cf. Mateo 6:10). Ang OT mga presentasyon ay hindi mali, ngunit hindi kompleto. Siya muli ay darating bilang mga propeta na hinulaan, sa kapangyarhan at awtoridad ni YHWH.

Ang Ikalawang Pagdating ay hindi isang biblikal termino, ngunit ang konsepto ay nagbubuo ng mundong pananaw at balangkas ng buong NT. Ang Diyos ay itutuwid ang laht. Ang pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan na ginawa sa Kanyang ay mapapanumbalik. Ang masama ay hahatulan at aalisin. Ang mga layunin ng Diyos ay hindi, hindi maaring mabigo!

**2:21 "SINOMAN"** Nandito mula ang pangkalahatang sangkap (cf. vv. 17 at 39). Si Hesus ay namatay para sa kalanan/mga kasalanan ng buong mundo (cf. Juan 1:12; 3:16; 4:42; I Timoteo 2:4; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14). Pansinin na ang Espiritu ay binuhos sa <u>lahat</u> ng sangkatauhan (cf. v. 17).

▣ **"NA TUMAWAG"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNA NA MAY PASAKALI. Ang pagtugon ng tao ay bahagi ng plano ng Diyos kaligtasan (cf. Joel 2:32; Juan 1:12, 3:16; at Roma 10:9-13). Ang indibidwal ng mga tao ay tinawag (cf. 2:39) sa pagsisisi (cf. 2:38) at pananampalataya sa ebanghelyo, at pagpasok sa isang personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. 3:16,19; 20:21; Marcos 1:15). Si Hesus ay namatay para sa buong mundo; ang hiwaga ay bakit ang ilan ay tumugon sa panunuyo ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65) at ilan ay hindi (cf. II Corinto 4:4).

▣ **"SA PANGALAN NG PANGINOON"** Ito ay tumutukoy sa katangian ni Hesus o mga katuruan patungkol sa Kanya. Ito ay kapwa may personal at doktrinal na sangkap.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGALAN NG PANGINOON

Ito ay isang karaniwang parirala sa NT para sa personal na pagharap at masigasig na kapangyariha ng Trinidad na Diyos sa iglesiya. Ito ay hindi salamangka, ngunit isang pamamanhik sa katangian ng Diyos.

Kadalasang ang pariralang ito ay tumutukoy kay Hesus bilang Panginoon (cf. Filipos 2:11)

1. Sa pagpapahayag pananampalataya ng isang tao kay Hesus sa bautismo (cf. Roma 10:9-13; Gawa 2:38; 8:12,16; 10:48; 19:5; 22:16; I Corinto 1:13,15; Santiago 2:7)
2. sa isang pagpapaalis ng demonyo (cf. Mateo 7:22; Marcos 9:38; Lucas 9:49; 10:17; Gawa 19:13)
3. sa isang pagpapagaling (cf. Gawa 3:6,16; 4:10; 9:34; Santiago 5:14)
4. sa isang pagkilos sa ministeryo (cf. Mateo 10:42; 18:5; Lucas 9:48)
5. sa panahon ng pagdidisiplina ng iglesiya (cf. Mateo 18:15-20)
6. habang nangangaral sa mga Hentil (cf. Lucas 24:47; Gawa 9:15; 15:17; Roma 1:5)
7. sa panalangin (cf. Juan 14:13-14; 15:2,16; 16:23; I Corinto 1:2)
8. isang paraan na tumutukoy sa Kristiyanismo (cf. Gawa 26:9; I Corinto 1:10; II Timoteo 2:19; Santiago 2:7; I Pedro 4:14)

Anuman ang ating gagawin bilang mga tagapahayag, mga lingkod, mga tumutulong, mga manggagamot, mga nagpapaalis ng demonyo, atbp., ginagawa natin sa Kanyang katangian, Kanyang kapangyarian, Kanyang mga pagtutustos—sa Kanyang Pangalan!

▣ **"AY MALILIGTAS"** Sa kontekstong ito, ito ay tumutukolsa espiritwal na kaligtasan, habang sa Joel ito ay maaaring mangahuluga ng pisikal na pagpapalaya mula sa kapootan ng Diyos (cf. v. 40). Ang terminong "naligtas" ay ginamit sa OT para sa pisikal na pagpapalaya (cf. Mateo 9:22; Marcos 6:56; Santiago 5:14,20). Gayunman, sa NT ito ay ginamit ng patalinghaga sa espiritwal na kaligtasan o pagkakalaya mula sa kapootan ng Diyos (ex. Santiago 1:21; 2:14; 4:12). Ang puso ng Diyos ay pumipintig para sa kaligtasan ng lahat ng lalaki at babae na nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27); ginawa para sa pakikipag-ugnayan!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:22-28

**[22]"Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Hesus na taga Nazaret, lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan at mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa gitna ninyo, gaya rin ng nalalaman ninyo;--[23]*Siya*, na ibinigay sa takdang pasiya at paunang kaalaman ng Diyos, kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay: [24]"Na siya'y binuhay na maguli ng Diyos, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito. [25]"Sapagka't sinasabi ni David tungkol sa kaniya, Nakita kong lagi ang Panginoon sa aking harapan; Sapagka't siya'y nasa aking kanang kamay, upang huwag akong makilos: [26]'DAHIL DITO'Y NAGALAK ANG AKING PUSO, AT NATUWA ANG AKING DILA; PATI NAMAN ANG AKING LAMAN AY MANANAHAN SA PAGASA: [27]SAPAGKA'T HINDI MO IIWAN ANG KALULUWA KO SA HADES, NI TITIISIN MAN NA ANG IYONG BANAL AY MAKAKITA NG KABULUKAN. [28]'IPINAKILALA MO SA AKIN ANG MGA DAAN NG BUHAY; PUPUSPUSIN MO AKO NG KAGALAKAN SA HARAP NG IYONG MUKHA.'**

**2:22 "mga lalaking taga Israel"** Ang mga tagapagkinig na ito ay mga nakakitang saksi sa mga pangyayari ng huling linggo ng buhay ni Hesus sa mundo. Sila ay may paunang kaalaman sa kung ano ang sinasabi ni Pedro. Silang mga mga espiritwal na kabatiran ay tumugon sa ebanghelyo, humigit-kumulang tatlong libo sa unang pangangaral (cf. v. 41).

▣ **"pakinggan"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS. Ang pisikal na pagpapakita ng Espiritu ay pumukaw ng kanilang pansin; ngayon dumating ang mensahe ng ebanghelyo.

▣ **"si Hesus na taga-Nazaret"** Ito ay kadalasang ipinapalagay na ito ay isang kaagapay sa "Hesus ng Nazaret." Ngunit, ito ay waring di-karaniwang paraan ng paghahayag nito. Ito ay maaari na ang pariralang ito ay nagpapakita ng titulo ng Mesias, "ang Sanga" (BDB 666, cf. Isaias 4:2; 6:13; 11:1,10; 14:19; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15-16; Zacarias 3:8; 6:12-13). Ang Hebreong terminong para sa "sanga" ay *nezer*.

## NATATANGING PAKSA: HESUS ANG NAZARENO

Maraming mga iba't-ibang salitang Griyego ang ginagamit patungkol kay Hesus A. Mga Salita sa NT

1. Nazaret – ang lungsod sa Galilea (cf. Lucas 1:26; 2:4,39,51; 4:16; Gawa 10:38). Ang lungsod na ito ay hindi nabanggit sa mga makabagong kasulatan, ngunit natagpuan sa mga huling inskripsiyon.

   Para kay Hesus na galing sa Nazaret ay hindi isang papuri (cf. Juan 1:46). Ang tanda sa itaas ng krus ni Hesus na kasama ang lugar na ito ay isang tanda ng pagkasuklam ng mga Hudyo.

2. *Nazarēnos* – tila din nagpapatungkol sa isang geograpikal na lugar (cf. Lucas 4:34; 24:19).
3. *Nazōraios* – maaaring pumatungkol sa isang lungsod, ngunit maaari itong paglalaro ng salitang Hebreong pang-mesias na "Sanga" (netzer, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; in the NT, Pahayag 22:16). Ginagamit ito ni Lucas kay Hesus sa 18:37 and Gawa 2:22; 3:6; 4:10; 6:14; 22:8; 24:5; 26:9.
4. Kaugnay ng #3 *nāzir*, na nangangahulugang "inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata." B. Mga pangkasaysayang paggamit sa labas ng NT.

1. Ito ay tinataguring isang Hudyong (bago ang pagka-Kristiyano) ereheng pangkat (Aramaikong *nāsōrayyā*).
2. Ito ay ginamit sa mga pangkat Huydo na inuugnay sa mga mananampalataya ni Kristo (cf. Gawa 24:5,14; 28:22, *nosri*).
3. Ito ay naging karaniwang katawagan sa mga mananampalataya sa mga iglesia sa Syria. "Kristiyano" ay ginamit sa mga iglesiyang Griyego upang tukuyin ang mga mananampalataya.
4. Noong minsan makalipas ang pagbagsak ng Herusalem, ang mga Pariseo muling natatag sa Jamnia at nagsulsol ng isang pormal na paghihiwalay sa pagitan ng sinagoga at iglesia. Isang halimbawa ng uri ng mga salitang sumpa laban sa mga Kristiyano ay matatagpuan sa "ang Labingwalong Pagbabasbas" mula sa *Berakoth* 28b-29a, na tinatawag ang mga mananampalataya na "MGA NAZARENO."

   "Ang mga NAZARENO at mga erehe nawa ay maglaho sa isang saglit; dapat silang mabura sa aklat ng buhay and hindi maisulat sa mga sumasampalataya."

5. Ito ay ginamit ni Justin Martyr, *Dial*. 126:1, na ginamit ang *netzer* ni Isias kay Hesus. C. Palagay ng May-akda

Ako ay nagulat sa maraming pagbabaybay ng salita, pero alam kong ito a hindi di-narinig OT katulad ng "Joshua" ay maraming magkakaibang pagbabaybay sa Hebreo. Ang mga sumusunod na mga bagay ang nagdala sa akin na manatiling di matiyak sa ganap nitong kahulugan:

1. ang malapit na kaugnayan sa salitang Mesias na "Sanga" (*netzer*) o ang parehong salitang *nāzir* (inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata)
2. ang negatibong gamit sa Galilea
3. kaunti o walang makabagong banggit sa lungsod ng Nazaret sa Galilea
4. ito ay nanggaling sa sinalita ng demonyo sa isang kaparaanang *eschatological* (i.e., "Ikaw ba ay naparito upang kami'y wasakin?").

Para sa isang kabuuang sanggunian ng mga pag-aaral sa pangat ng salitang ito, tingnan si Colin Brown (ed.), *New International Dictionary of New Testament Theology*, tomo 2, p. 346 o Raymond E. Brown, *Birth*, pp. 209-213, 223-225.

▣ **"isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo"** Si Hesus ay tiyak na tao (i.e., v. 23; Roma 1:3), gayundin naman ang pagka-Diyos (cf. I Juan 4:1-3).

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang termino ay nangangahulugang "ipinakita sa pamamagitan ng pagtatanghal." Maliwanag at paulit-ulit na inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa mga salita, mga gawa at pamumuhay ni Hesus. Ang mga tagapakinig na ito sa Herusalem ay nakakita at nakapakinig!

▣ **"mga gawang makapangyarihan at mga kababalaghan at mga tanda"** Ang mga tagapakinig na ito ay mga saksing nakakita sa lahat ng ginawa ni Hesus sa Herusalem sa huling linggo ng Kanyang buhay.

Ang terminong "mga kababalaghan" (*teras*) ay nangangahulugang di-karaniwang tanda, na kadalasang nagaganap sa kalangitan, tulad ng vv. 19-20.

Ang terminong "mga tanda" (*sēmeion*) ay nagpapahayag ng isang natatangging pangyayari na naghahatid ng kahulugan at kahalagahan. Ito ay isang susi sa termino sa Ebanghelyo ni Juan (pitong natatanging mga tanda, cf. 2:1-11; 4:46-54; 5:1-18; 6:1-15,16-21; 9:1-41; 11:1-57). Ang mga tanda ay palaging makikita sa isang paayong liwanag (cf. Juan 2:18; 4:48; 6:2). Dito ito ay ginamit bilang isang kalipunan ng pagpapakita ng kapangyarihan na naghahayag na ang bagong panahon ng Espiritu ay nagsimula na!

Ito ay kawili-wili na si Pedro ay hindi gumugol ng anumang pahahon sa unang pangangaral (kahit papaano, ang buod

sa Mga Gawa 2) patungkol sa naunang buhay at mga katuruan ni Hesus. Ang katuparan ng OT propesiya, ang Kanyang pinagpasyahang noong una na panghaing kamatayan, at Kanyang maluwalhating muling pagkabuhay ay ang mga pangunahing punto.

**2:23 "Siya"** Ito ay maaaring isang wikain ng paghamak (cf. 5:28; 6:13; Lucas 23:14; Juan 9:16; 18:29), ngunit sa Mga Gawa 23:9 at 20:31-32 ito ay hindi isang salungat na wikain. Muli, ang pagkatao ni Hesus ay binigyang-diin (cf. v. 22)

▣ **"na ibinigay"** Ang terminong ito (*ekdotos*) ay matatagpuan lamang dito NT.

▣

**NASB "ang takdang pasiya"**
**NKJV "ang itinakdang kapasyahan"**
**NRSV "ang tiyak na plano"**
**TEV "sariling plano ng Diyos"**
**NJB "ang kinusang layon"**

Ito ay ang terminong *horizō* sa kanyang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI na anyo. Ang karaniwang nitong kahulugan ay tiyakin, itakda, o patibayin. Sa OT ito ay ginagamit sa pagtatakda ng hangganan ng lupa o mga hinahangan. Ginagamit ito nang madalas sa Lucas (cf. Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 10:42; 11:29; 17:26,31). Ang krus ay hindi isang pagkabigla sa Diyos, ngunit palagiang ang Kanyang piniling pamamaraan (i.e., sistemang pag-aalay ng Levitico 1-7) sa pagdadala ng katubusan sa mapanghimagsik na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15; Isaias 53:10; Marcos 10:45; II Corinto 5:21).

Ang kamatayan ni Hesus ay hin aksidente. Ito ay ang walang-hanggan, pangkatubusang plano ng Diyos (cf. Lucas 22:22; Mga Gawa 3:18; 4:28; 13:29; 26:22-23). Si Hesus ay naparito upang mamatay (cf. Marcos. 10:45)! Ang krus ay hindi aksidente!

▣ **"paunang kaalaman ng Diyos"** Ito ay ang terminong *prognosis* (to know before), na ginamit lamang dito at sa I Pedro 1:2. Ang konseptong ito ng pagkaalam ng lahat sa kasaysayan ng sangkatauhan ay mahirap para sa atin na itugma sa malayang pagpili ng tao. Diyos ay ang walang hanggang, espiritwal na nabubuhay na hindi matatakdaan ng panandaliang pagkakasunod-sunod. Bagaman Siya ang may kontrol at humuhubog ng kasaysayan, ang mga tao ay may pananagutan para sa kanilang mga layunin at pagkilos. Ang paunang pakaalam ay hindi nakakaapekto sa pag-ibig at pagpili ng Diyos. Kung magkagayon, ngayon ito ay may pasubali sa panghinaharap ng pantaong pagpupunyagi at kagalingan. Ang Diyos ay makapangyarihan at Kanyang pinili na Kanyang mga tagasunod sa Kasunduan ay may ilang kalayaan sa pagpili na tumugon sa Kanya (cf. Roma 8:29; I Pedro 1:20).

Mayroong dalawang kalabisan sa bahaging ito ng teolohiya: (1) kalayaang lubhang isinusulong: ang ilan ay nagsasabing ang Diyos ay hindi nalalaman ang panghinaharap na pagpili at mga pagkilos ng mga tao (Bukas na Teismo, na isang pilosopikong pagpapatuloy ng *Process Thought*) at (2) ang kapangyarihan (soberano) ay lubhang isinusulong, na naging pagpili ng Diyos sa langit para sa ilan at sa impiyerno para sa ilan (supralapsarianismo, dalawang-talim na Calvinismo). Aking kinikilingan ang Awit 139!

▣ **"kayo"** Ipinapahayag ni Pedro ang pagkakasala at panlilinlang sa kamatayan ni Hesus para sa mga tagapakinig sa Herusalem (cf. 3:13-15; 4:10; 5:30; 10:39; 13:27,28). Hindi sila bahagi ng mga pulutong ng tao na tumawag para sa Kanyang pagpapapako sa krus; hindi sila miyembro ng Sanhedrin na nagdala sa Kanya kay Pilato; hindi sila mga Romanong pinuno o sundalo na nagpako sa Kanya sa krus, ngunit sila ay may pananagutan, gaya natin na may pananagutan. Ang kasalanan at paghihimagsik ng tao ang nag-udyok ng Kanyang kamatayan!

▣ **"ipinako sa krus"** Sa literal, ito ay ang terminong "ikinabit" (*prospēgnumi*). Ito ay ginamit lamang dito sa NT. Ito ay nagpapahiwatig na kapwa isang pagpako at isang pagtali sa isang krus. Sa 5:30 ang katulad na pamamaraan ay inilarawan bilang "nakabitin sa isang puno." Ang mga pinunong Hudyo ay hindi ninanais na batuhin si Hesus sa paglapastangan sa Diyos gaya ng kay Esteban (cf. Mga Gawa 7), ngunit ninais nila na Siya ay ipako sa krus (Louw at Nida ay nagsabi na ito ay *hapax legomenon* na maaaring maitumbas sa *stauroō*, ipako sa krus, [p. 237 tala sa ibaba 9]). Ito ay maaaring kaugnay sa sumpa ng Deuteronomio 21:23. Sa orihinal ang sumpang ito ay nauugnay sa pampublikong pagtusok at di-angkop na paglibing, ngunit noong panahon ni Hesus ang mga rabbi ayinuugnay ito sa pagpapapako sa krus. Tinaglay ni Hesus ang sumpa ng kautusan sa OT para sa lahat ng mga mananampalataya (cf. Galacia 3:13; Colosas 2:14).

▣ **"mga tampalasan"** Sa literal, ito ay "mga taong walang batas" at tumutukoy sa Roma.

**2:24 "siya'y binuhay na maguli ng Diyos"** Ang NT ay nagbibigay-diin na ang lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus:

1. ang Espiritu (cf. Roma 8:11)
2. ang Anak (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)

3. at pinakamadala ay ang Ama (cf. Mga Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9) Ang mga pagkilos ng Ama ay ang pagpapatunay ng Kanyang pagtanggap sa buhay, kamatayan, at mga katuruan ni Hesus. Ito ay isang pangunahing aspeto ng sinaunang pangangaral ng mga Apostol. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* sa 2:14.

▣ **"pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan"** Ang terminong ito ay maaaring mangahulugan (1) sa literal, mga sakit ng panganganak (Clasikong Griyego, cf. Roma 8:22) (2) sa talinghaga, ang mga suliranin bago ang Pangalang Pagdating (cf. Mateo 24:8; Marcos 13:8; I Tesalonica 5:3). Maaaring ito ay naglalarawan ng mga Hebreong termino na "patibong" o "silo" sa Awit 18:4-5 at 116:3, na mga OT talinghaga sa kahatulan (cf. Isaias 13:6-8; Jeremias 4:31).

▣ **"sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito"** Ang Juan 20:9 ay nag-uugnay sa muling pagkabuhay ni Hesus sa OT propesiya (cf. vv. 25-28). Si Hesus ay pumunta sa Hades para sa isang layunin (cf. I Pedro 3:19; 4:6). Nang Siya ay lumisan, Kanyang tinanganan ang katuwiran ng mga mananampalataya sa Kanya (cf. II Corinto 5:6,8)!

**2:25 "Sapagka't sinasabi ni David tungkol sa kaniya"** Ito ay isang sipi mula sa Awit 16:8-11. Si Pedro ay nagbibigay-diin na ang Awit 16 ay pang-Mesias (gaya ni Pablo sa 13:36; ito lamang ang dalawang mga sipi ng Awit 16 sa NT) at na ito ay tumutukoy sa tuwiran kay Hesus. Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay ang pag-asa ng Salmista at ang pag-asa ng mga mananampalataya sa NT.

**2:26 "pag-asa"** Ang terminong ito ay hindi ginamit sa mga Ebanghelyo, ngunit ginamit sa Mga Gawa upang ilarawan ang katapatan ng mga mananampalataya sa panghinaharap ng kalubusan ng mga pangako ng ebanghelyo (cf. 23:6; 24:15; 26:6,7; 28:20). Ito ay ginagamit nang madalas sa mga sulat ni Pablo, ngunit sa maraming kaunawaan na nauugnay sa walang-hanggang plano ng katubusan ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: PAG-ASA

Si Pablo ay madalas gumamit ng salitang ito sa marami magkakaibang ngunit magkakaugnay na diwa. Kadalasan ito ay inuugnay sa kaganapan ng pananampalataya ng mananampalataya (e.g., I Timoteo 1:1). Ito ay maipapahayag bilang kaluwalhatian, walang hanggang buhay, hantungang kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp. Ang kaganapan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at di-tiyak. Ito ay kadalasang inuugnay sa "pananampalataya" at "pag-ibig" (cf. I Corinto 13:13; I Tesalonica 1:3; II Tesalonica 2:16). Isang di-buong tala ng ilang mga paggamit ni Pablo ay:

1. Ang Pangalawang Pagbabalik (pagdating), Galacia 5:5; Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, Colosas 1:22-23; I Tesalonica 2:19
4. Ang pag-asa ay natataan sa langit, Colosas 1:5
5. Pagtitiwala sa ebanghelyo, Colosas 1:23; I Tesalonica 2:19
6. Hantungang kaligtasan, Colosas 1:5; I Tesalonica 4:13; 5:8
7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II Corinto 3:12; Colosas 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentil kay Kristo, Colosas 1:27
9. Katiyakan ng kaligtasan, I Tesalonica 5:8
10. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
11. Mga bunga ng Kristiyanong paglago, Roma 5:2-5
12. Katubusan sa lahat ng linikha, Roma 8:20-22
13. Kapuspusan ng pagkukupkop, Roma 8:23-25
14. Titulo para sa Diyos, Roma 15:13
15. Ang nais ni Pablo sa mga mananampalataya, II Corinto 1:7
16. OT bilang isang gabay sa mga mananampalataya sa NT, Roma 15:4

**2:27 "HADES"** Ito ay ang Griyegong termino para sa lugar ng pangtangan ng mga patay. Ito ay katumbas ng Hebreong terminong *Sheol* sa OT. Sa OT ang pagkatapos ng buhay ay inilalarawan bilang isang may kamalayang pag-iral sa isang pamilya, ngunit walang kaligayahan o pakikipag-ugnayan. Tanging ang umuunlad na kapahayagan ng NT ay mas maliwanag na bibigyang kahulugan ang pagkatapos ng buhay (i.e., langit at impiyerno).

## NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?

I. Lumang Tipan

A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).

B. Katangian ng *Sheol*

1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deut. 32:22
2. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
4. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Awit16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Hab. 2:5
7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, Isaias 14:9-

11) II. Bagong Tipan

A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo) B. Katangian ng *Hades*

1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23

C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)

1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)

D. *Gehenna*

1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronika 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Lev. 18:21; 20:2-5.
2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
   a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
   b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
   c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
   d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
   e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
   f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
   g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
   h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na

1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*

2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deut. 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng "pagiging walang kamatayan ng kaluluwa," na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.
1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay
1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II Corinto 5:6,8; Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.
1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Gen. 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Gen. 1:14; Deut. 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deut. 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Revelation 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Gen. 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I Corinthians 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*

B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

▣ **"'NI TITIISIN MAN NA ANG IYONG BANAL AY MAKAKITA NG KABULUKAN'"** Ito ay isang maliwanag na sanggunian sa Mesias na nauugnay sa kamatayan, ngunit walang kabulukan ng Isang Pinangako, Isang Pinahiran, isang Banala (cf. Awit 49:15 at 86:13).

**2:28 "PUPUSPUSIN MO AKO NG KAGALAKAN SA HARAP NG IYONG MUKHA"** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig isang personal, maligayang karanasan sa Ama (vv. 22-28) sa langit sa pamamagitan kamatayan ng Mesias (cf. Isaias 53:10-12). Ang katulad na positibong pananaw ng personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pagkatapos ng buhay ay nakatala sa Job 14:14-15; 19:25-27.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:29-36

**[29]"Mga kapatid, malayang masasabi ko sa inyo ang tungkol sa patriarkang si David, na siya'y namatay at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan hanggang sa araw na ito. [30]"Palibhasa nga'y isang propeta, at sa pagkaalam na may panunumpang isinumpa ng DIYOS SA KANIYA, NA SA BUNGA NG KANIYANG BAYWANG AY ILULUKLOK NIYA ANG ISA SA KANIYANG LUKLUKAN; [31]Palibhasa'y nakikita na niya ito, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na maguli ng Kristo, na siya'y hindi pinabayaan sa Hades, NI ANG KANIYA MANG KATAWAN AY HINDI NAKAKITA NG KABULUKAN. [32]"Ang Hesus na ito'y binuhay na maguli ng Diyos, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat.. [33]"Palibhasa nga'y pinarangal ng kanang kamay ng Diyos, at tinanggap na sa Ama ang pangako ng Banal na Espiritu, ay ibinuhos niya ito, na inyong nakikita at naririnig. [34]" Sapagka't hindi umakyat si David sa mga langit; datapuwa't siya rin ang nagsabi, Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon; MAUPO KA SA KANAN KO, 35 HANGGANG SA GAWIN KO ANG MGA KAAWAY MO NA TUNTUNGAN NG IYONG MGA PAA."' [36]"Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo itong si Hesus na inyong ipinako sa krus."**

**2:29-31** Ito ay hindi madali para sa makabagong kanluraning mga mambabasa na sundin ang pagsusuri ni Pedro ng Awit na ito dahil siya ay gumagamit ng rabinikong hermenyutikong mga pamamaraan (ito rin ay tunay sa aklat ng Hebreo). Si Pedro ay maaaring narinig ang pangangatuwirang ito sa sinagoga para sa darating na Mesias at ngayon ay nalalaman na ito ay tumutukoy kay Hesus ng Nazaret.

**2:29** Ipinapakita ni Pedro ang Awit 16, kahit na sa ilang paraan ay tumutukoy kay David (lalo na ang 16:10b), na hindi lubusang tumutukoy kay David.

**2:30 "siya ay isang propeta"** Ang mga Hudyo ay naniniwala na ang Diyos ay nagpapahayag sa pamamagitan ng mga propeta. Si Moises ay tinawag na isang propeta (cf. Deuteronomio 18:18). Ang OT aklat ng Joshua, Hukom, I at II Samuel, at I at II Mga Hari ay kilala sa Hudyong kanon bilang "ang mga nakaraang propeta." Pagkatapos ng kamatayan ng huling propeta, si Malakias, ang mga rabbi ay inakalang ang kapahayagan ay nahinto na. Ito ay sa pang-Hudyong kaunawaan ng termino (i.e., manunulat ng Kasulatan) na si David ay ipinapalagay na propeta. Sa unang bahagi ng OT, ang Diyos ay inihayag kay Moises (cf. Genesis 49) na ang Mesias ay manggagaling sa angkan ni Judah. Sa II Samuel 7, inihayag ng Diyos na Siya ay magiging maharlikang linya ni David. Sa Awit 110, Diyos ay inihayag na karagdagan na siya rin ay nasa pang-saserdoteng linya ni Melchizedek (cf vv. 34-35).

▣ **"ISINUMPA NG DIYOS SA KANIYA, NA SA BUNGA NG KANIYANG BAYWANG AY ILULUKLOK NIYA ANG ISA SA KANIYANG LUKLUKAN"** Ito ay isang buod o pinagsamang sanggunian sa II Samuel 7:11-16; Awit 89:3-4; o 132:11. Ito ay nagpapakita na ang sinaunang layunin ng Diyos ay matutupat kay Hesus ng Nazaret. Ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay ay hindi "plan B", ngunit ang paunang itinakda, bago pa ang paglalaang na plano ng katubusan ng Diyos (cf. Efeso 2:11- 3:13).

**2:31 "ang Kristo"** Ito ay ang Griyegong Salin ng "ang Mesias" o sa literal "Isang Pinahiran." Hindi lamang si Hesus na anak ni David, Hari ng Israel, ngunit Anak ng Diyos at nakaup sa luklukan ng langit (cf. Awit 110).

## NATATANGING PAKSA: MESIAS

Ito ay kinuha mula sa komentaryong isinulat sa Daniel 9:6. Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga posibleng mga kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603).

1. ginamit ng makaHudyong mga hari (e.g., I Samuel 2:10; 12:3)
2. ginamit ng makaHudyong mga saserdote (e.g., Levitico 4:3,5)
3. ginamit sa Cyrus (cf. Isaias 45:1)
4. #1 at #2 ay pinagsama sa Awit 110 at Zacarias 4
5. ginamit sa espesyal na pagdating ng Diyos, ang pagkaDavid na Hari upang dalhin ang bagong panahon ng katwiran
   a. linya ni Judah (cf. Genesis 49:10)
   b. tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
   c. pangmalawakang paghahari (cf. Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakakilala bilang "ang isang pinahiran" kay Hesus ng Nazaret sapagkat sa

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo

2. ang panimula sa "ang anak ng tao " sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian
3. ang pangungusap ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagpupunto patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

▣ **"SIYA'Y HINDI PINABAYAAN SA HADES, NI ANG kaniya mang katawan AY HINDI NAKAKITA NG KABULUKAN"** Ito ay hindi minarkahan na isang sipi sa OT sa teksto ng 1995 NASB (binago). Ito ay maliwanag na tumutukoy sa Awit 16.

Para sa "laman" tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: ANG LAMAN (*sarx*)

Ang salitang ito, higit sa lahat, ay palagiang ginagamit ni Pablo sa Galacia at kanyang teolohikong pagpapaunlad sa Roma. Ang mga pantas ay nagkakaiba sa kung papaano itatalaga ang mga magkakaibang pakahulugan ng salita. Mayroong tiyak na ilang pagkakatulad sa mga kahulugan. Ang mga sumusunod ay isang bahagyang pagtatangka upang tandaan ang malawak na pang-semantikong larangan ng salita.

A. Ang katawan ng tao, Juan 1:14; Roma 2:28; I Corinto 5:5; 7:28; II Corinto 4:11; 7:5; 12:7; Galacia 1:16; 2:16,20; 4:13; Filipos 1:22; Colosas 1:22,24; 2:5; I Timoteo 3:16
B. Ang pinagmulan ng tao, Juan 3:6; Roma 1:3; 4:1; 9:3,5,8; 11:14; I Corinto 10:18; Galacia 4:23,29
C. Ang indibidwal na tao, Roma 3:20; 7:5; 8:7-8; I Corinto 1:29; II Corinto 10:3; Galacia 2:16; 5:24
D. Ang pangtaong pagsasalita, Juan 8:15; I Corinto 1:26; II Corinto 1:12; 5:16; 10:2; Galacia 6:12
E. Ang kahinaan ng tao, Roma 6:19; 7:18; 8:5-6,9; II Corinto 10:4; Galacia 3:3; 5:13,16,19-21; Colosas 2:18
F. Ang pagsasalungat sangkatauhan sa Diyos, na kaugnay ng kinalabasan ng Pagkahulog, Roma 7:14; 13:14; I Corinto 3:1,3; Efeso 2:3; Colosas 2:18; I Pedro 2:11; I Juan 2:16

**2:32-33 "Hesus…Diyos…Espiritu"** Bagaman ang salitang "trinidad" ay hindi ginamit sa Bibliya, ang konsepto ng isang trinidad na Diyos ay hinihingi ang (1) pagka-Diyos ni Hesus at (2) ang persona ng Espiritu. Ang Bibliya ay nagpapabatid ng ganitong konsepto sa pagbanggit ng tatlong persona ng Trinidad sa isang konteksto (cf. Mga Gawa 2:32-33; Mateo 28:19; I Corinto 12:4-6; II Corinto 1:21-22; 13:14; Efeso 4:4-6 at I Pedro 1:2).

## NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay malaganap.

A. Ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26
B. Gawa – Gawa 2:32-33, 38-39
C. Pablo
   1. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II Corinto 1:21; 13:14
   4. Galacia 4:4-6
   5. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
   6. I Tesalonica 1:2-5
   7. II Tesalonica 2:13
   8. Tito 3:4-6
D. Pedro – I Pedro 1:2
E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng MGA PANG-MARAMIHAN para sa Diyos
   1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHANG PANDIWA
   2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7
B. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19

3. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
4. Zacarias 3:1-2

C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Gen. 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga sangkap

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noong A.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag.

**2:32 "Ang Hesus na ito'y binuhay na maguli ng Diyos"** Tingnan ang buong tala sa 2:24.

▣ **"at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat"** Ito ay tumutukoy sa kanilang nakakita kay Kristo na muling nabuhay. Tingnan ang tsart ng mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay mula kay Paul Barnett, *Jesus and the Rise of Early Christianity*, p. 185, at 1:3 (p. 9).

**2:33 "ng kanang kamay ng Diyos"** Ito ay isang antromorpikong talinghaga para sa lugar ng kapangyarihan, awtoridad, at pamamagitan (cf. I Juan 2:1), na kinuha mula sa Awit 110:1 (sinipi ng mas higit kaysa ibang mga Awit sa NT) o Awit 118:16. Ang Diyos ay eternal na Espiritu, na umiiral sa lahat ng dako ng pisikal na at espiritwal na nilikha. Ang mga tao ay kailangang gumamit ng maka-lupang wika at mga konsepto para magpahayag sa Kaniya, ngunit silang lahat ay (1) mga kabaliktaran (2) mga paghahalintulad o (3) mga talinghaga. Kahit na ang salitang "Ama" upang ilarawan ang Diyos o "Anak" upang ilarawan si Hesus ay patalinghaga. Ang lahat ng talinghaga ay masisira sa isang punto. Sila ay sinasadyang mangahulugan ng isang sentral na katotohanan o konsepto patungkol sa pagka-Diyos. Mag-ingat sa pagiging literal! Tiyak na hindi mo inaasahan na makita ang isang matandang lalaki, isang batang lalaki sa isang luklukan at isang puting ibon na umiikot sa ulo kapag ikaw ay pumunta na sa langit. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG DIYOS NA INILALARAWAN BILANG ISANG TAO (ANTROMORPIKONG WIKA)

I. Ito ay uri ng wika na napaka-karaniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
   A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
      1. Mga mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10
      2. Mga kamay – Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
      3. braso – Exodo 6:6; 15:16; Bilang 11:23; Deuteronomio 4:34; 5:15
      4. Mga tenga – Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
      5. mukha – Exodo 32:30; 33:11; Bilang 6:25; Deuteronomio 34:10; Awit 114:7
      6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
      7. tinig – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
      8. paa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
      9. anyong tao – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
      10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   B. Mga Pisikal na Pagkilos
      1. Pagsasalita bilang kaparaanan ng paglilikha– Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26

2. Paglalakad (i.e., tunog na) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Habakuk 3:15
3. pagsasara ng pinto sa daong ni Noah – Genesis 7:16
4. pagsamyo sa mga handog – Genesis 8:21; Levitico 26:31; Amos 5:21
5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
6. paglilibing kay Moises – Deuteronomio 34:6

C. Mga pantaong damdamin (ilang mga halimbawa)
1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:5; 7:4; 29:20
3. paninibugho – Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Joshua 24:19
4. pagkasuklam/poot – Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19

D. Mga salitang pampamilya (ilang mga halimbawa)
1. Ama
   a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5
   b. ng Hari – II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
   c. talinghaga ng mga maka-amang pagkilos– Deuteronomio 1:31; 8:5; 32:1; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Osea 11:1-4; Malakias 3:17
2. Magulang – Osea 11:1-4
3. Ina – Awit 27:10 (paghahalintulad sa nagpapasusong ina); Isaias 49:15; 66:9-13
4. Batang tapat na mangingibig – Osea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng mga ganitong uri ng wika

A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!

B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)

C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)

Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan1:1-18)

▣ **"ang pangako ng Banal na Espiritu"** Ang OT na pangako ay isang bagong araw ng katuwiran sa pangunguna ng Espiritu, ginawang mabisa sa pamamagitan ng gawa ng Mesias.
1. Juan 7:39, ang bagong panahon ay dumating na
2. Galacia 3:14, ang pagpapala ni Abraham (cf. Genesis 12:3) ay ngayon ay matatamasa na ng buong mundo
3. Efeso 1:13, mga mananampalataya sa bahagong panahong ito ay tinatakan ng Espiritu.

▣ **"na inyong nakikita at naririnig"** Ito ay ang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa pangangaral na ito sa likas na pagiging saksi ng mga tagapakinig na ito (cc. 14,22,32,33,36). Nalalaman nila na ang sinasabi ni Pedro ay totoo dahil sila ay nandoon. Ang mga manananggol ay tinatawag itong pangunahing pinanggalingang katibayan.

**2:34 "SINABI NG PANGINOON SA AKING PANGINOON"** Ito ay isang sipi mula sa Awit 110:1 (YHWH...Adon). Ginagamit ito ni Hesus sa Mateo 22:41-46. Sa NT ito ay nagpapakita ng dalawahang aspeto ng kaharian; si Hesus ay nandoon kanan ng Diyos, ngunit ang Kanyang mga kaaway ay hindi pa nasa Kanyang paanan His footstool. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kaharian ng Diyos sa 1:3.

**2:36 "Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel"** Ito ay tumutukoy sa pang-Hudyong pamumuno at mga tao, ang ang mga lubusang pinapahayagan ni Pedro. Siya ay nagpapahayag naang OT propesiya ay katuparan at natatapos kay Hesus ng Nazaret. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kaharian ng Diyos sa 1:3.

▣
**NASB "pakatalasatasin"**
**NKJV "malaman ng tiyakan"**
**NRSV "malaman ng may katiyakan"**
**TEV "malamang tiyak"**
**NJB "maaaring tiyak"**

Ito ay nagpapakita ng dalawang Griyegong salita, ang PANG-ABAY *aphalōs*, na nangangahulugang "isara ng tiyakan" (palalinghaga na may katiyakan, cf. 16:23) at ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS ng *ginōskō*, "makilala." Ang mga nakakitang saksi ng huling linggo, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus ay walang alinlangang patungkol sa pagiging totoo ng mga salita ni Pedro.

▣ **"Panginoon at Kristo"** Ang terminong "panginoon" (*kurios*) ay maaaring magamit sa isang pangkalahatang kaunawaan o sa isang tiyak na teolohikong kaunawaan (cf. v. 21). Ito ay maaaring mangahulugang "mister," "ginoo," "panginoon," "may-ari," "asawang lalaki," o "ang ganap na Diyos-tao." Ang OT paggamit ng terminong ito (*adon*) ay naggaling sa pag-aatubili ng mga Hudyo na bigkasin ang pangkasunduang pangahan para sa Diyos, YHWH, mula sa Hebreong PANDIWA "na maging" (cf. Exodo 3:14). Sila ay natatakot labagin ang kautusan na nagsasabing, "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan" (cf. Exodo 20:7, Deuteronomio 5:11). Iniisip nila na kung hindi nila babangkatin ito, hindi nila ito mababanggit sa walang kabuluhan. Kaya, kanilang pinalitan ang Hebreong salita na *adonai,* na may katulad ng Griyegong salita, *Kurios* (Panginoon). Ang NT na may-akda ay gumagamit ng terminong ito upang ilarawan ng buong pagka-Diyos ni Kristo. Ang pariralang "Hesus ay Panginoon" ay ang pammaldang pagpapahayag ng pananampalataya at pormula ng bautismo sa naunang iglesiya (cf. Roma 10:9-13; I Corinto 12:3; Filipos 2:11). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagka-Diyos 1:6.

"Kristo" ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong terminong *messiah,* na nangangahulugang "ang isang pinahiran" (cf. 2:31,36; 3:18,20; 4:26; 5:42; 8:5; 9:22; 17:3; 18:5,28; 26:23). Ito ay nagpapahiwatig na "ang isa ay tinawag at pinatatag ng Diyos para sa isang tiyak na gawain." Sa tatlong pangkat ng mga pinuno sa OT: mga saserdote, mga hari, at mga propeta, ay pinahiran (pinili). Tinupad ni Hesus ang lahat ng tatlong mga piniling tungkuling ito (cf. Hebreo 1:2-3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mesias sa 2:31.

Sa paggamit ng kapwa ng mga titulong ito para kay Hesus ng Nazaret, ipinapahayag ni Lucas kapwa ang Kanyang pagka-Diyos (cf. Filipos 2:6-11, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:32) at Kanyang pagka-Mesias (cf. Lucas 2:11). Ito ay tiyak na nagtatakda ng pagkakataon para sa paghahayag (*kerygma*) ng iba pang pangangaral sa Mga Gawa! Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* ng Naunang Iglesiya at 2:14.

▣ **"itong si Hesus na inyong ipinako sa krus"** Sinasakdal ni Pedro ang mga naninirahan sa Herusalem na may pag-uulit sa kamatayan ni Hesus. Ang lahat ng nalugmok na sangkatauhan ay pare-parehong magkakasama sa pagkakasala. Tingnan ang tala sa 2:23.

▣ **"itong si Hesus"** Ang katawagang "itong si Hesus" (cf. 2:23,32,36) ay nag-uugnay sa kapahayagan ni Pedro sa makasaysayang si Hesus na muling nabuhay, dinakilang Kristo. Kapwa mga konsepto ay totoo. Walang biblikal na pagkakaiba sa pagitan ng naunang si Hesus at ang Hesus ng pananampalataya!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:37-42

**[37]Nang marinig nga nila *ito*, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin? [38]At *sinabi* sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Hesukristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu. [39]"Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos sa kaniya." [40]At sa iba pang maraming salita ay nagpatotoo siya, at nangaral sa kanila, na sinasabi, "Magsiligtas kayo sa likong lahing ito." [41]Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa. [42]At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin.**

**2:37 "nangasaktan ang kanilang puso"** Ito ay ang Griyegong terminong *kata* na may *nussō*. Ang salitang-ugat ay ginamit sa Juan 19:34 para kay Hesus na ipinapako sa krus. Ang pangangaral ni Pedro ay nagpako sa mga tagapakinig na ito sa katotohanan ng ebanghelyo. Ito ay maliwanag na tumutukoy sa kinakailangang pag-uudyok ng Banal na Espiritu na nauuna sa kaligtasan (cf. Juan 16:8-11; Roma 3:21-31).

**2:38 "Mangagsisi"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS, na nangangahulugang gumawa ng isang tiyak na kapasyahan. Ang Hebreong termino para sa pagsisisi ay nangangahulugan ng isang pagbabago ng pagkilos. Ang Griyegong termino ay nangangahulugan ng pagbabago ng kaisipan. Ang pagsisisi ay isang pagpayag sa pagbabago. Hindi ito nangangahulugan ng ganap na pagtigil sa kasalanan, ngunit isang pagnanais na malugod ang Diyos, hindi ang sarili. Gaya ng nalugmok na sangkatauhan, tayo nabubuhay para sa ating mga sarili, ngunit tuladng mga mananampalataya tayo ay nabubuhay para sa Diyos! Ang pagsisisi at pananampalataya ay kailangan ng Diyos para sa kaligtasan (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16, 19; 20:21). Sinabi ni Hesus na "Maliban na ikaw ay magsisisi, ikaw ay mapapahamak" (cf Lucas. 13:3,5). Ang pagsisisi ay kalooban ng Diyos para sa napahamak na sangkatauhan (cf. II Pedro 3:9, Ezekiel 18:23, 30, 32). Ang hiwaga ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao ay maaaring maliwanag na maipakita sa pamamagitan ng pagsisisi bilang isang kinakailangan para sa kaligtasan. Gayunman, ang kabalintunaan o dialektikong tambalan ay ito rin ay kaloob ng Diyos (cf. 5:31; 11:18 at II Timoteo 2:25). Palaging mayroong pag-iigting (tensyon) sa biblikal na pagpapakilala ng paunang biyaya ng Diyos at kinakailangang pangkasunduang pagtugon ng tao. Ang bagong kasunduan, tulad ng lumang kasunduan, ay may "kung . .pagkatapos" na kayarian. Mayroong maraming mga terminong ginagamit sa NT na nauugnay

sa konsepto ng pagsisisi.

## NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA KASALANAN

Pagsisisi (kasama ng pananampalataya) ay isang pangkasunduang pangangailangan sa kapwa Lumang Tipan (*Nacham*, BDB 636, e.g., 13:12; 32:12,14; *Shuv,* BDB 996, e.g., I Hari 8:47; Ezekiel 14:6; 18:30) at Bagong Tipan.

1. Juan Bautista (Mateo 3:2; Marcos 1:4; Lucas 3:3,8)
2. Hesus (Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3)
3. Pedro (Gawa 2:38; 3:19; 8:22; 11:18; II Pedro 3:9)
4. Pablo (Gawa 13:24; 17:30; 20:21; 26:20; Roma 2:4; II Corinto 2:9-10)

Ngunit ano ang pagsisisi? Ito ba ay pighati? Ito ba ay isang paghinto sa kasalanan? Ang pinaka-mainam na kabanata sa NT upang maunawaan ang mga magkakaibang kahulugan ng konseptong ito ay nasa II Corinto 7:8-11, na ang tatlong magkakaugnay, ngunit magkakaibang Griyegongsalitang ay ginamit.

1. "pighati" (*lupē*, cf. vv. 8 [dalawang beses], 9 [tatlong beses], 10 [dalawang beses], 11). Ito ay nangangahulugang kalungkutan o pagkabahala at may isang teolohikong kahulugan na walang pinapanigan.
2. "pagsisisi" (*metanoeō*, cf. vv. 9,10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "kaisipan," na nagpaahiwatig ng isang bagong kaisipan, isang bagong paraan ng pag-iisip, isang bagong pagtingin patungo sa buhay at Diyos. Ito ang tunay pagsisisi.
3. "dalamhati" (*metamelomai*, cf. vv. 8[dalawang beses], 10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "pagkalinga." Ito ay ginamit kay Hudas sa Mateo 27:3 at kay Esau sa Hebreo 12:16-17. Ito ay nagpapahiwatig ng kalungkutan sa mga kinalabasan, hindi sa mga pagkilos (aksyon).

Ang pagsisisi at pananampalataya ay kailangan sa pangkasunduang pagkilos (cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21). May ilang mga talata na nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagkakaloob ng pagsisisi (cf. Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25). Ngunit ang karamihan ng mga talata ay nakikita ito bilang isang kinakailangan ng tao upang tumugon sa kasuduang pag-aalok ng Diyos ng isang kaligtasan na walang bayad.

Ang kahulugan sa kapwa Hebreo at Griyegong mga salitang ay kinakailangan upang maintindihan ang buong kahulugan ng pagsisisi. Ang Hebreo ay nangangailangan ng "isang pagbabago ng pagkilos," habang ang Griyego ay nangangailangan ng "isang pagbabago ng kaisipan." Ang taong naligtas ay tumatanggap ng isang bagong kaisipan at puso. Naiiba ang kanyang pag-iisip at pamumuhay. Sa halip na "Ano ang pakinabang nito sa akin?" ang tanong na ngayon ay "Ano ang kalooban ng Diyos?" Ang pagsisisi ay hindi isang emosyon na lumilipas o isang lubos na pagiging walang kasalanan, kundi isang bagong pakikipag-ugnayan sa Isang Banal na nagpapatuloy na magbago sa mananampalataya upang maging isang banal.

▣ **"mangagbautismo"** Ito ay isa pang AORIST NA BALINTIYAK NA PAUTOS. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: BAUTISMO

Si Curtis Vaughan, *Acts*, ay may isang nakakawiling tala sa p. 28.

> "Ang Griyegong salita para sa 'na-bautismuhan' ay isang pangatlong panauhang pautos; ang salita para sa 'pagsisisi,' isang pangalawang panauhan pautos. Ang pagbabagong ito mula sa mas tahas na pangalawa panauhang pautos patungo sa mas kakaunting tahas na pangatlong panauhan ng 'na-bautismuhan' ay nagpapahiwatig na ang pangunahing pangangailangan ni Pedro ay para sa pagsisisi."

Ito ang sinsundang pag-bibigay-diin sa pangangaral ni Juan Bautista (cf. Mateo 3:2) at Hesus (cf. Mateo 4:17). Ang pagsisisi ay tila baga isang espirituwal na susi at ang ang bautismo ay isang panglabas na pagpapahayag ng espirituwal na pagbabago. Hindi nakikilala ng Bagong Tipan ang mga di-na-bautismuhang mga mananampalataya! Sa naunang iglesiya ang bautismo ay ang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ay isang pagkakataon para sa pang-madlang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo, hindi isang mekanismo para sa kaligtasan! Kailangang matandaan na ang bautismo ay hindi nabanggit sa pangalawang sermon ni Pedro, bagkus ang pagsisisi (cf. 3:19; Lucas 24:17). Ang bautismo ay isang halimbawa na itinakda ni Hesus (cf. Mateo 3:13-18). Ang bautismo ay inuutos ni Hesus (cf. Mateo 28:19). Ang makabagong tanong ng pangangailangan ng bautismo para sa kaligtasan ay hindi pinag-tuunang-pansin sa Bagong Tipan; lahat mga mananampalataya ay inaasahang magpa-bautismo. Gayunman, ang isa ay kailangang bantayan laban sa isang sakramentong pagmamakina! Ang kaligtasan ay isang isyu ng pananampalataya, hindi isyu ng isang tamang-lugar, tamang-mga salita, tamang-pagseseremonya!

▣ **"sa pangalan ni Hesukristo"** Ito ay isang Hebreong wikain (na makikita sa Joel 2:32) na tumutukoy sa persona o katangian ni Hesus. Ito ay maaaring ang naunang pormula ng pagbabautismo sa iglesiya, na maaaring ulitin ng kandidato, na "Naniniwala ako na si Hesus ay Panginoon" (cf. Roma 10:9-13; I Corinto 1:13,15). Ito ay kapwa isang teolohikong paninindigan at isang personal na pagtitiwalang paninidigan. Sa Dakilang Komisyon ng Mateo 28:19-20 ang trinidad na

pangalan ay ang pormula ng pagbabautismo. Muli tayo kailangang magbantay laban sa mekanikong sakramentalismo! Ang titulo o pormula ay hindi ang key, ngunit ang puso ng isang binabautismuhan.

Para kay "Kristo" tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31.

▣
**NASB, NJB,**
**NIV "sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan"**
**NKJV "para sa kapatawaran ng mga kasalanan"**
**NRSV "upang ang iyong mga kasalanan ay maaaring mapatawad"**
**TEV "upang ang iyong mga kasalanan ay mapatawad"**

Ang teolohikong katanungan ay paano ang "sa" (*eis*) gumaganap? Ang kapatawaran ba ay inuugnay sa "pagsisisi" o "pagbabautismo"? Ang kapatawaran ba ay nababatay sa pagsisisi at/o bautismo?

Ang maaaring gamit ng *eis* ay marami. Ang pinakakaraniwang gamit ay "na may pananaw na" o "para sa ganitong layunin na." Karamihan ng mga iskolar na Baptist ay pinili ang "dahil sa" para sa mga teolohikong kadahilanan, ngunit ito ay isang minor na opsyon. Kadalasan, ang ating mga pagpapalagay ay gumaganap kahit na sa ganitong panggramatikang antas ng pagsusuri. Kailangan nating hayaan ang Bibliya na magsalita sa konteksto; pagkatapos ay tingnan ang mga magkakaagapay; at saka bumuo ng ating mga sistematikong teolohiya. Ang lahat ng mga nagpapaliwanag ay may pagkiling na pangkasaysayan, pang-demominasyon, at pangkaranasan.

Ang kapatawaran sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo ay isang inuulit na paksa sa mga pangangaral sa Mga Gawa (i.e., Pedro 2:38; 3:19; 5:31; 10:43; at Pablo 13:38).

▣ **"tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu"** Ito ay isang PANGHINAHARAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG. Ang kaloob ng Espiritu ay

1. isang may katiyakang kaligtasan
2. isang pinanananahang presensya
3. isang pagpapalakas para sa paglilingkod
4. isang lumalagong pagiging katulad ni Kristo

Hindi natin kailangang pilitin ang mga bagay o ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari ng kaligtasan dahil sila ay kadalasang naiiba sa Mga Gawa. Mga Gawa ay hindi nangangahulan na magturo ng isang pamantayang pormula o teolohikong sequence pagkakasunod-sunod (cf. *How To Read the Bible for All Its Worth*, pp. 94-112), ngunit itinala kung anong nangyari.

Ang tagapagpaliwanag ba ay gagamit ng tekstong ito upang bigyang-diin ang pagkakasunod-sunod ng mga gawa ng kaligtasan: pagsisisi, pagbabautismo, kapatawaran, at pagkatapos ay kaloob ng ang Espiritu? Ang aking teolohiya ay nangangailangang ang Espiritu bilang aktibo mula sa una (cf. Juan 6:44,65) at mahalag lahat sa proseso ng paniniwala (cf. Juan 16:8-12), pagsisisi (cf. 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25), at pananampalataya. Ang Espiritu ay pangunahin at kinakailangan (cf. Roma 8:9) mula sa simula hangang matapos. Tiyak na hindi siya maaaring maging huli sa isang kalipunan (serye)!

Ang isa sa mga aklat na nakatulong sa akin na matakpan ang kang denominasyonal na doktrina at hayaan ang Bibliya na magsalita na may kapangyarihan ay F. F. Bruce, *Answers to Questions*. Dito, siya ay gumawa ng maraming mabuting mga komento sa Mga Gawa 2:38. Ang isa sa sumunggap sa akin ay:

> "Ang pagtanggap na ito ng espiritu ay maaaring maranasan bago pa ang bautismo (Mga Gawa 10:44), pagkatapos ng bautismo (Mga Gawa 2:38), o pagkatapos ng bautismo *at saka* ang pagpapatong mga apostolikong kamay (Mga Gawa 8:16; 19:54)" (p. 167).

Ang mga makabago ay nagnanais ng maliwanag sa pahayag ng doktrina na maaaring makapagpatibay, ngunit kadalasan, sila ay nakakaapekto sa isang "patunay-tekstong" paraan ng pamamahayag at ihiwalay lamang ang mga tekstong umaakma sa kanilang pagkakaunawa, mga pagkiling (tingnan ang seminar sa Pabibigay-kahulugan sa bibliya, www.freebiblecommentary.org)

**2:39 "sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak"** Ito ay isang OT pangkalahatan, maraming salin-lahi, pampamilyang konsepto (cf. Exodo 20:5-6 at Deuteronomio 5:9-10; 7:9). Ang pananampalataya ng mga anak ay apektado ng sa mga magulang at pananagutan ng mga magulang (cf. Deuteronomio 4:9; 6:6-7; 20-25; 11:19; 32:46). Ang pangkalahatang impluwensya rin ay may nakakatakot na aspeto sa liwanag ng Mateo 27:25 ("Ang Kanyag dugo ay mapasaatin at sa ating mga anak").

Ang pangako ng impluwensya ng maraming salin-lahing pananampalataya ay tumulong sa aking na magtiwala na ang Diyos ay gagamitin ang akong pananampalataya upang impluwensyahan, pagpalain, at kanlungin ang aking mga supling (cf. Deuteronomio 7:9). Hindi nito itinatanggi ang personal na pananagutan, ngunit nagdadagdag ng sangkap ng pangkalahatang impluwensiya. Ang aking pananampalataya at matapat na paglilingkod kay Kristo ay nakakaimpluwensya sa aking pamilya at sa kanilang pamilya at sa susunod pa (cf. Deuteronomio 7:9). Anong nakakaginhawang pag-asa at nakakaganyak na pangako. Ang pananampalataya ay dumadaloy sa pamilya!

Sa Mga Gawa ang pangako (2:39) ng Diyos ay kinapapalooban ng maraming bagay na may mga kaugnayan sa OT:

1. kapatawaran ng kasalanan – 2:38; 3:19; 5:31; 10:43; 13:38-39; 26:18

2. kaligtasan – 2:21; 4:12; 11:14; 13:26; 16:31
3. ang Espiritu – 2:38-39; 3:19; 5:32; 8:15-18; 10:44-48; 19:6
4. panahon ng kasariwaan – 3:19

▣ **"sa lahat ng nangasa malayo"** Si Pedro ay nagsasalaysay sa mga Hudyo. Ang pariralang ito sa orihinal ay tumutukoy sa ipinatapong mga Hudyo na dinala pabalik sa Ipinangakong Lupain (cf. Isaias 57:19). Gayunman, ito rin, sa ilang mga talata, ay tila tumutukoy sa mga Hentil na lubhang malayo mula sa kaalaman kay YHWH (cf. Isaias 49:1; Zacarias 6:15). Ang mabuting balita ng ebanghelyo ay ang isang tunay na Diyos (i.e., monoteismo) na naglalang ng sangkatauhan sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27), naghahangad na makipag-ugnaya sa kanilang lahat (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ito ay ang pag-asaw ng pagkakaisa ng lahat ng mga tao kay Kristo. Sa Kanya, wala nang pagkakaiba sa mga Hudyo-mga Hentil, mga alipin-malaya, mga lalaki-mga babae, ngunit ang lahat ay iisa (cf. Efeso 2:11-3:13). Ginagamit ni Pablo ang naturang sipi na naghahayag sa mga Hentil sa Efeso 2:13 & 17. Ang bagong panahon ng Espiritu ay nagduloy ng di-inaasahang pagkakaisa!

## NATATANGING PAKSA: MONOTEISMO

Ang konsepto ng "Monoteismo" (isa at nag-iisang Diyos), hindi lamang ang "mataas na Diyos" ng politeismo o ang mabuting Diyos ng dualismo ng mga taga-Iran (Zoroastrianismo), ay natatangi sa Israel (Abraham, 2000 B.C.). Maliban sa isa bihirang pasubali sa Ehipto (Amenhotep IV, ay kilala rin bilang Akhenaten, 1367-1350 or 1386-1361 B.C.).

Ang konseptong ito ay ipinahayag sa maraming mga parirala sa OT.

1. "walang kagaya ni YHWH ating *Elohim*," Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 33:26; I Hari 8:23
2. "wala ng iba maliban sa Kanya," Deuteronomio 4:35,39; 32:39; I Samuel 2:2; II Samuel 22:32; Isaias 45:21; 44:6,8; 45:6,21
3. "YHWH ay iisa," Deuteronomio 6:4; Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; I Timoteo 2:5; Santiago 2:19
4. "walang kagaya mo," II Samuel 7:22; Jeremias 10:6
5. "Ikaw lamang ang nag-iisang Diyos," Awit 86:10; Isaias 37:16
6. "Bago pa man Ako walang ibang Diyos ang nabuo, at walang iba pagkatapos Ko," Isaias 43:10
7. "wala ng iba na kagaya ko; maliban sa Akin. . .walang ng iba," Isaias 45:5,6,22
8. "wala ng iba, walang ng ibang Diyos," Isaias 45:14,18
9. "wala ng iba maliban sa akin" Isaias 45:21
10. "Wala ng iba;. . .wala ng kagaya ko," Isaias 46:9

Dapat na tanggapin na ang mahalaga na doktrinang ito ay ipinahayag sa progresibong mga kaparaanan. Ang mga naunang mga pananalita ay maaring maunawaan bilang "henoteismo" o praktikal na Monoteismo (mayroong ibang mga diyos, ngunit tanging ang Diyos ay para sa atin, cf. Exodo 15:11; 20:2-5; Deuteronomio 3:28; 5:7; 6:4,14; 10:17; 32:12; I Hari 8:23; Awit 83:18; 86:8; 136:1-2).

Ang unang mga teksto na nagsimulang magpakilala ng pang-isahan (pilosopikong Monoteismo) ay nauna (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 4:35,39; 33:26). Ang ganap at kompletong pag-aangkin at matatagpuan sa Isaias 43-46 (cf. 43:11; 44:6,8;45:7,14,18,22; 46:5,9).

Ang NT ay binabanggit ng Deuteronomiyo 6:4 sa Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; Efeso 4:6; I Timoteo 2:5; at Santiago 2:19. Si Hesus ay nagbabanggit nito bilang ang unang kautusan sa Mateo 22:36-37; Marcos 12:29-30; Lucas 10:27. Ang OT, at gayon din ang NT, ay nagsasaysay ng realidad ng ibang mga espiritwal na mga nilalang (mga demonyo, mga anghel),ngunit iisang manlilikha/manunubos ang Diyos (YHWH, Genesis 1:1).

Ang Biblikal na Monoteismo ay may mga katangian na ang

1. Ang Diyos ay iisa at natatangi (ontology is assumed, not specified)
2. Ang Diyos ay personal (cf. Genesis 1:26-27; 3:8)
3. Ang Diyos ay etikal (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8-10)
4. Ang Diyos ay nilalang ang mga tao ayon sa Kanyang imahe (Genesis 1:26-27) para sa pakikisama (i.e., #2). Siya ay isang mapanibughong Diyos (cf. Exodo 20:2-3)

Mula sa NT

1. Ang Diyos ay may tatlong walang hanggan, personal na mga manipestasyon (tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11)
2. Ang Diyos ganap at lubusang naipahayag kay Hesus
3. Ang walang hanggang plano ng pagtutubos ng Diyos para sa makasalanang sangkatauhan ay ang sakripisyong pag-aalay ng Kanyang natatanging Anak (Isaias 53; Marcos 10:45; II Corinto 5:21; Filipos 2:6-11; Hebreo)

▣ **"maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos sa kaniya"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNA (deponent) NA MAY PASAKALI. Ito sa orihinal ay tumutukoy sa nakakalat na Judaismo. Ang Diyos ay palaging kukunin ang pagpapauna (PANGGITNANG TINIG, cf. Juan 6:44,65). Mula sa Ezekiel 18:32; Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9 natataman natin na Siya ay tumatawag sa lahat ng tao, sa ilang antas, sa Kanyang sarili. Ngunit, kailangan silang tumugon (i.e., MAY PASAKALI

PANAGANO).

Ang mga terminong "marami" at "lahat" ay biblikal na magkaagapay (ihalintulad ang Isaias 53:6, "lahat" sa Isaias 53:11,12, "marami" o Roma 5:18, "lahat" sa Roma 5:19, "marami"). Pumipintig ang puso ng Diyos para sa isang nalugmok na sangkatauhan na ginawa sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27), nilikha para sa pagkikipag-ugnayan sa Kanya (cf. Genesis 3:8)!

**2:40 "iba pang maraming salita"** Ito ay tekstwal na katibayan na ang mga pangangaral sa Mga Gawa ay mga buod. Ito rin ay totoo sa pangangaral ni Hesus at pangangaral sa mga Ebanghelyo. Ating paunang pinaninindigan ang inspirasyon at kawastuhan ng mga buod na ito. Ang unang siglong mundo ay bihasa sa pasalitang mga pagpapakilala at kanilang pagpapanatili.

▣ **"nagpatotoo siya"** Ang Griyegong terminong (*dia* na may *marturomai*) ay palasak kay Lucas (cf. 2:40; 8:25; 10:42; 18:5; 20:21,23,24;23:11; 28:23; Lucas 16:28). Ang ebanghelyo ay may pagmamadali at kasukdulan na hindi maipagwawalang-bahala kapwa pagpapahayag o pakikinig.

▣ **"patuloy na nangaral sa kanila"** Ang tao ay kailangang tumugon sa pag-aalok ng Diyos kay Kristo (cf Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13). Ito ay ang kabalintunaan ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao (cf. Filipos 2:12-13).

▣

**NASB, NKJV "Magsiligtas"**
**NRSV, TEV,**
**NJB "Iligtas ang mga sarili"**

Ang binagong anyon ng terminong ito ay AORIST NA BALINTIYAK NA PAUTOS, ngunit gaya ng sinabi niyo, NRSV, TEV, at NJB ay isinalin ito sa PANGGITNANG TINIG. Ito ay ang teolohikong pag-iigting (tensyon) patungkol sa kaligtasan (cf. Filipos 2:12-13). Ito ba ay lahat sa Diyos, o kailangang ang mga tagapakinig ay hayaan ang Diyos na kumilos sa kanyang buhay?

Ang Griyegong terminong "iniligtas" (*sōsō*) ay nagpapaliwanag ng Hebreong konsepto (*yasha*, BDB 446, cf. Exodo 14:30) ng pisikal na pagpapalatay (cf. Santiago 5:15,20), habang sa paggamit sa NT ito ay kumukuha ng kahulugan sa espiritwal na pagkakalaya o kaligtasan (cf. Santiago 1:21; 2:14; 4:12).

## NATATANGING PAKSA: MGA PANAHUNAN NG GRIYEGONG PANDIWA NA GINAMIT SA KALIGTASAN

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Ito ay hindi natapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito ay nagsimula pa lamang! Ito ay hindi isang patakarang paneguro sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagiging katulad kay Kristo. Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang layunin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA PAGKILOS (AORIST)**
- Gawa 15:11
- Roma 8:24
- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- Roma 13:11 (isinasama sa AORIST na may isang PANGHINAHARAP na pag-aangkop)

**KALIGTASAN BILANG ISANG KALAGAYAN NG PAG-IRAL (GANAP)**
- Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**
- I Corinto 1:18; 15:2
- II Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP KALUBUSAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PANAHUNAN o konteksto)**
- Roma 5:9,10; 10:9,13
- I Corinto 3:15; 5:5
- Filipos 1:28;
- I Tesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28

- I Pedro 1:5,9

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang kapasyahan (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13), ngunit kailangan itong magbunga sa isang pamamaraan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. Roma 8:29; Galacia 3:19; Efeso 1:4; 2:10), na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2). Ang huling kalalagayang ito ay tinatawag na pagkaluwalhati. Ito ay maaaring ilarawan bilang

1. panimulang kaligtasan—pag-aaring-ganap (naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. nagpapatuloy na kaligtasan—pagpapaging-banal (naligtas mula sa sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. katapusang kaligtasan—pagkaluwalhati (naligtas mula sa presensiya ng kasalanan)

▣ **"sa likong lahing ito"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Deuteronomio 32:5 at Awit 78:8. Ang OT ugat para sa mga terminong "tama," "matuwid," "makatuwiran," "katuwiran" ay "isang tambo sa ilog" (tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:14). Ito isang talinghaga sa pagtatayo, isang panukat na tambo, o matuwid na pamantayan. Pinili ng Diyos ang talinghagang ito upang ilarawan ang Kanyang sariling katangian. Ang Diyos ay ang pamantayan! Karamihan ng mga salita para sa kasalanan sa Hebreo at Griyego ay tumutukoy sa isang paglihis mula sa pamantayang ito (i.e., baluktot, tampalasan). Ang lahat ng mga tao ay kailangang mailigtas at maipanumbalik.

**2:41**
**NASB "nagsitanggap"**
**NKJV "masayang tumanggap"**
**NRSV "malugod na pagtanggap"**
**TEV "nanampalataya"**
**NJB "tinanggap"**

Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG PANDIWARI ng *apodechomai*. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, ay nagtala ngtatlong mga paggamit ng terminong ito (cf. tomo 2, p. 28).

1. pagtanggap sa isang persona
2. pagtanggap sa anumang bagay o sinuman bilang totoo at pagtugon ng nararapat
3. kilalanin ang katotohanan o pahalagahan ang anumang bagay o sinuman

Madalas gamitin ni Lucas ang salitang ito (cf. Lucas 8:40; 9:11; Mga Gawa 2:41; 18:27; 24:3; 28:30). Ang ebanghelyo ay isang persona na dapat tanggapin, katotohanan patungkol sa persona na pananampalatayanan, at isang buhay na katulad ng sa persona upang mabuhay. Ang lahat ng tatlo ay mahalaga.

▣ **"ay nangabautismuhan"** Ang bautismo ay isang pang-relihiyong inaasahan para sa mga Hudyo habang sila ay pumapasok sa templo. Ang mga nagbagong-buhay (proselyte) ay nabautismuhan ang sarili. Ito ay isang inaasahang pang-relihiyong pangyayari para sa mga tagapakinig ngunit may bagong kahulugan. Si Hesus ay nabautismuhan (Mateo 3:13-17); Inuutusan tayo ni Hesus na magpabautismo (Mateo 28:19)—yan ang magpapasya nito! Ang NT ay di nalalaman ang hindi nabautismuhang mga mananampalataya. Sa akin, ito ay tila na ito ay malinaw na pagbali sa Judaismo at ang pasimula ng bagong bayan ng Diyos, ang Iglesiya, cf. Galacia 6:16).

▣ **"tatlong libong kaluluwa"** Ito ay isang paikot na bilang,ngunit isang malaking bilang. Ang mensahe ni Pedro ay timimo sa mga nakakitang saksi. Sila ay handa na gumawa ng paglundag sa pananampalataya na kailangang upang panampalataya.

1. Si Hesus ay ang Mesias
2. ang Mesias ay kailangang magdusa
3. ang pananampalataya sa Kanya ay ang tanging paraan sa kapatawaran
4. bautismo ay nararapat

Kinakailangan nito ang isang tiyak, kagyat, nakakapagbagong-buhay na kapasyahan (gaya ng ginawa nito ngayon)! Tingnan ang Natatanging Paksa: *Kerygma* sa 2:14.

**2:42 "sila'y nagsipanatiling matibay"** Madalas na ginagamit ni Lucas ang konseptong ito (cf. 1:14; 2:42,46; 6:4; 8:13; 10:7). Pansinin ang mga bagay na kanilang ginagawa nang magkakasama:

1. pagtuturo (cf. 2:42; 4:2,18; 5:21,25,28,42)
2. pagkikipag-ugnayan
3. pagpuputol-putol ng tinapay (i.e., ito ay maaaring tumutukoy sa Hapunan ng Panginoon, tingnan ang tala sa v. 46)
4. panalangin (cf. vv. 43-47)

Ito ay mga bagay na kailangan nating ituro sa mga bagong mananampalataya! Ang mga bagong ligtas na ito ay gutom para sa katotohanan at komunidad. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: *KOINŌNIA*

Ang salitang "pagkikipag-ugnayan" (*koinōnia*) ay nangangahulugang

1. Malapit na kaugnayan sa isang persona
   a. sa Anak (cf. I Juan 1:6; I Corinto 1:9)
   b. sa Espiritu (cf. II Corinto 13:13; Filipos 2:1)
   c. sa Ama at sa Anak (cf. I Juan 1:3)
   d. sa ibang mga kapatid sa kasunduan (cf. I Juan 1:7; Gawa 2:42; Galacia 2:9; Filemon 17)
2. Malapit na kaugnaya sa mga bagay o mga pangkat
   a. sa ebanghelyo (cf. Filipos 1:5; Filemon 6)
   b. sa dugo ni Kristo (cf. I Corinto 10:16)
   c. hindi sa kadiliman (cf. II Corinto 6:14)
   d. sa paghihirap (cf. Filipos 3:10; 4:14; I Pedro 4:13)
3. kaloob o pagbabahaging ginawa sa isang mapagkaloob na pamamaraan (cf. Roma 12:13; 15:26; II Corinto 8:4; 9:13; Filipos 4:15; Hebreo 13:16)
4. biyaya na kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, na naipanumbalik ang pakikipag-ugnayan ng sangkatauhan sa Kanya at sa kanyang mga kapatid

Binibigyang-diin nito ang pahalang na pakikipag-ugnayan (tao sa tao) na idinala sa atin ng patayong pakikipag-ugnayan (tao sa Lumikha). Ito rin ay nagbibigay-diin sa pangangailangan at kaligayahan ng Kristiyanong komunidad. Ang mga panahunan ng pandiwa ay nagbibigay-diin ang simula at pagpapatuloy ng karanasang ito sa komunidad (cf. 1:3 [dalawang beses],6,7). Ang Kristiyanismo ay pangkalahatan!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:43-47

**43At ang takot ay dumating sa bawa't kaluluwa: at ginawa ang maraming kababalaghan at tanda sa pamamagitan ng mga apostol. 44At ang lahat ng mga nagsisampalataya ay nangagkakatipon, at lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan; 45At ipinagbili nila ang kanilang mga pag-aari at kayamanan, at ipinamahagi sa lahat, ayon sa pangangailangan ng bawa't isa. 46At araw-araw sila'y nagsisipanatiling matibay sa pagkakaisa sa templo, at sa pagpuputolputol ng tinapay sa bahay-bahay, at nagsisikain sila ng kanilang pagkain na may galak at may katapatan ng puso. 47Na nangagpupuri sa Diyos, at nangagtatamo ng paglingap ng buong bayan. At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas.**

**2:43-47** Ito ay tila ang una sa maraming pang-editoryal na mga puno ni Lucas (i.e., 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20). Tingnan ang panimula, "Layunin at Kayarian," A.

**2:43 "ang takot ay dumating sa bawa't kaluluwa"** Ito ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA (deponent) MAY PAHIWATIG. Nakuha natin ang Ingles na "phobia" mula sa terminong ito "mamangha" o "matakot." Ang presensya at kapangyariha ng Diyos ay nagdulot ng isang banal na kalalagayan, kahit na ang mga di-ligtas na makasalanan ay natataman ang kasagraduhan ng panahon at lugar!

**2:44 "ang lahat ng mga nagsisampalataya"** Tingnan ang tala sa 3:16.

▣ **"at lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan"** Ang naunang pagsubok sa "pamayanan" ay hindi matagumpay (cf. 4:32-5:11). Ito ay hindi nangangahuluga na maging isang pangkalahatang prinsipyo, ngunit isang pagtatanggka sa isang mapagmahal, kapwa nagtataguyod na pamayanan o pananampalataya. Ito ay isang mabuting halimbawa na hindi lahat ng nakatala sa Bibliya ay nangangahulugan ng pangkalahatang pagpapatupad! Ang mga naunang mananampalatayang ito ay may isang dakilang pag-ibig sa isa't-isa. O, kung maipanunumbalik lamang atin ang pag-ibig na ito at diwa ng presensya at kapangyarihan ng Diyos sa atin (cf. Juan 17:11,21,22,23)!!

**2:46 "matibay sa pagkakaisa"** Ang naunang iglesiya ay kinapapalooban ng ganitong pagkakaisa ng layunin (cf. 1:14; 2:46; 4:24; 5:12). Hindi nito sinasabi na sila ay sumasang-ayon sa lahat ng bagay, ngunit ang kanilang mga puso at mga isipan ay nagkakaisang magkakasama sa mga prayodidad ng kaharian kaysa sa mga personal na pagkiling at mga adyenda.

▣ **"sa templo"** Sila ay maaaring nagtatapos sa "portiko ni Solomon" (cf 3:11; 5:12). Si Hesus ay nagturo doon (cf. Juan 10:23). Ang portiko ni Solomon o balkonahe ay isang binubungang *colonnade* na nasa silangang bahagi ng panlabas na patyo ng mga Hentil sa Templo ni Herodes (cf. Josephus' *Antiq*. 15.11.3). Ang mga rabbi ay nagturo dito. Ang mga tao ay palaging nagtitipon dito upang makinig ng pangangaral.

Pansinin ang naunang iglesiya ay dumadalo sa templo at maaaring ang mga lokal na sinagogo hanggang ang mga

rabbi ay nagpatupad ng isang sumpang pormula (noong A.D. 70), na sapilitang ipinasusumpa sa mga myembro ng sinagoga si Hesus. Ito ay nagdulot ng pagkakasira sa pagitan ng iglesiya at Judaismo. Ang naunang mga mananampalataya ay pinanatili ang kanilang lingguhang pagsamba, nagtitipon din tuwing Linggo upang gunitain ang muling pagkabuhay ni Hesus. Tandaan, na si Hesus mismo ay pinulong ang mga alagad, tatlong gabi ng Linggo na sunod-sunod.

▣ **"sa pagpuputolputol ng tinapay sa bahay-bahay"** Kung ang "pagpuputol-putol ng tinapay" ay isang teknikal na katawagan para sa Hapunan ng Panginoon (cf. Lucas 22:19 at lalo na sa mga konteksto ng agapeng pagkain [I Corinto 11:17-22; II Pedro 2:13-14; Judas v. 12] sa naumang iglesiya, ex. Mga Gawa 20:7), ngayon, ito ay tumutukoy sa pang-araw-araw na komunyon sa mga lokal na tahanan (ngunit kailangan ding tanggapin na ito ay ginagamit din sa karaniwang pagkain sa Lucas 24:30,35). Maging maingat sa inyong dogmatikong denominasyonal na mga tradisyon patungkol sa kailan, saan, kadalasan, at anyo ng Hapunan Panginoon. Ang puso ay ang susi!

▣

**NASB** **"may galak at may katapatan ng puso"**
**NKJV** **"may galak at may kapayakan ng puso"**
**NRSV** **"may galak at mapagbigay na puso"**
**TEV** **"kagalakan at mapagpakumbabang mga puso"**
**NJB** **"may kagalakan at mapagbigay"**

Ang pagkakaiba ng mga salin ng ikalawang termino ay nagpapakita ng kahirapan sa pagsalin ng *aphelotēs*. Sa literal, ito ay nangangahulugang makinis o karaniwan, ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa "payak," "matapat," o "pakumbaba" (Louw at Nida). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Puso sa 1:24.

**2:47**
**NASB, NKJV** **"nangagtatamo ng paglingap ng buong bayan"**
**NRSV** **"mayroong mabuting pakikisama sa lahat ng tao"**
**TEV** **"ikinalulugod ang pakikisama sa lahat ng tao"**
**NJB** **"tinitingala ng bawat-isa"**

Ang pariralang ito ay tumutukoy sa pagtanggap sa mga naunang Kristiyano ng mga tao sa Herusalem. Ang lahat ng mga magkakaibang uri at antas sa lipunan ay may pagpapahalaga sa unang mga mananampalataya. Ang mga Kristiyano ay hindi isang banta sa awtoridad Romano o sa Romanong kapayapaan (isang layunin ng Mga Gawa). Walang patlang sa rabinikong Judaismo sa pasimula ng iglesiya.

▣ **"idinaragdag ng Panginoon"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang Bibliya ay nagbibigay-diin pagkamakapangyarihan (soberano) ng Diyos. Walang nagaganap maliban sa kalooban ng Diyos. Walang makakapagpagulatt sa Diyos. Gayunman, sa ganitong OT na pamamaraan ng pagpapahayag ng monoteismo (i.e., isang nagdulot, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:39) ay may maling pagkaunawa. Nais kong maglakip ng dalawang Natatanging Paksa, ang isa sa pangangailangan para sa pagtimbang at ang isa sa kasunduan. Umaasa ako na ito ay magdadala ng liwanag, hindi ng init!

## NATATANGING PAKSA: ELEKSYON/PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN PARA SA TEOLOHIKONG PAGTIMBANG

Ang eleksyon o pagpili ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunito ayang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon (pag-igting) na ito ay matatagpuan sa Efeso 1:4. Si Hesus ay pinili tao Diyos at lahat ay maaaring piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga pananagutan! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon (pag-igting) na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga doctrinal na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis
3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpeksyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal
6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong pananagutan
7. Transendesiya ng Diyos laban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon
11. Si Hesus bilang banal laban sa Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban sa Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikal na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

## NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (TIPAN)

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay kailangang gumawa ng isang malaking bangka na malayo sa water at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (tensyon) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa "bagong kasunduan." Ang pag-igting (tensyon) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa: (1) ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagtanggal sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. Roma 7; Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan is lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa

kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting (tensyon) ay maliwanag na makikita sa Hebreo.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"sa kanilang bilang"** |
| **NKJV** | **"sa iglesiya"** |
| **TEV** | **"sa kanilang pangkat"** |
| **NJB** | **"sa kanilang komunidad"** |

Ang pariralang *epi to auto* ay ginamit sa Clasikong Griyego at Koine Griyego (Septuagint at Mga Gawa 1:15; 2:1,47; I Corinto 11:20; 14:23), na nangangahulugang "dumating na magkasama" (Metzger, *Textual Commentary*, p. 305). Dito sa NT ito ay tumutuloy sa pagpupulong sa iglesiya. Samakatuwid, ang Panginoon ay nagdadagdag sa iglesiya (i.e., ang pagtitipon) araw-araw. Nagpapakita ito ng pamumuhay na pag-e-ebanghelyo ng unang salin-lahi ng mga mananampalataya!

▣ **"sa kanila yaong nangaliligtas"** Ang pariralang "Panginoon (Diyos o Kristo) ay idinaragdag," ay ginamit bago sa v. 46, ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, ngunit ang pariralang ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang inihayag na kinatawang ng BALINTIYAK NA TINIG ay ang Panginoon. Ang "nangaligtas" ay nasa isang proseso. Ang kaligtasan ay nagsisimula sa paniniwala/pagtitiwala/pananampalataya (i.e., Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13). Ang kaligtasan ay isang pakikipag-ugnayan na pinasinamulan ng Diyos/Espiritu (cf. Juan 6:44,65), ngunit ito ay kailangang maging isang nagpapatuloy nakaranasan. Ito ay hindi isang tiket papuntang langit o isang *life insurance policy*; ito ay isang pang-araw-araw, lumalago, pananampalatayang pakikipag-ugnaayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Panahunan Ng Griyegong Pandiwa Na Ginamit Sa Kaligtasan at 2:40.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Balangkasin ang pangangaral ni Pedro
2. Ano ang layunin ng Pentecostes?
3. Paano maiuugnay ang propesiya ni Joel sa ganitong konteksto?
4. Ilarawan ang paggamit ni Pedro ng mga talata sa Lumang Tipan.

# MGA GAWA 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pilay na Napagaling sa Pasukan ng Templo | Isang Pilay na Napagaling | Pagpapagaling sa Magandang Pasukan | Pulubing Pilay ay Gumaling | Nagamot ang isang Pilay |
| 3:1-10 | 3:1-10 | 3:1-10 | 3:1-10 | 3:1-10 |
| Pangangaral ni Pedro sa Portiko ni Solomon | Pangangaral sa Portiko ni Solomon | Pangangaral ni Pedro | Ang Mensahe ni Pedro sa Templo | Pahayag ni Pedro sa mga Tao |
| 3:11-26 | 3:11-26 | 3:11-16 | 3:11-16 | 3:11-16 |
| | | 3:17-26 | 3:17-26 | 3:17-24 |
| | | | | 3:25-26 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

Sa mga kabanata 3-5 mayroong pag-iigting (tensyon) sa Herusalem sa katuruan ni Hesus at ang mga himala ng Apostol. Ang haba ng panahon para sa unang limang kabanata ay humigit-kumulang isang taon.

A. Nagpagaling sina Pedro at Juan ng pilay, 3:1-4:31 (isang halimbawa ng Mga Gawa 2:43)
   1. ang pagpapagaling mismo
   2. ang pangalawang pangangaral ni Pedro na ipinapaliwanag ang pagpapagaling
   3. ang reaksyon at paglilitis (pangatlong pangangaral ni Pedero, ibinigay sa Sanhedrin)
   4. ang pag-uusig ay nagsimula

B. Isang pagtatangka sa isang pangkomunidad na buhay, Mga Gawa 4:32-5:11
   1. ang maagang pagkakaisa ng mga mananampalataya (isang halimbawa ng Mga Gawa 2:43-47)
   2. ang problems with Ananias at Sapphira

C. Ang mga kaugnayang ng naunang iglesiya sa rabinikong Judaismo, 5:12-42
   1. ang buhay ng iglesiya
   2. ang pagseselos ng Sanhedrin
   3. ang pamamagitan ng isang angel

4. pang-apat na pangangaral ni Pedro
5. ang reaksyon at pagpaparusa

## MGA TITULO PARA KAY HESUS SA MGA KABANATA 3-4

A. Hesukristo ang Nazareno, 3:6; 4:10
B. Kanyang lingkod na si Hesus, 3:13,26; 4:27
C. Ang Banal at Isang Matuwid, 3:14 (cf. 2:27)
D. Ang Prinsipe ng Buhay, 3:15
E. Ang Kristo, 3:18,20; 4:10 (cf. "Panginoon at Kristo," 2:36)
F. Propeta, 3:22
G. Maaaring isang pagkabanggit sa titulong "Binhi ni Abraham," 3:25-26
H. Ang Sandigang-bato, 4:11

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-10

**[1]Si Pedro at si Juan nga ay nagsisipanhik sa templo nang oras ng pananalangin, na ikasiyam. [2]At isang lalake na Pilay buhat pa sa tiyan ng kaniyang ina ay dinadala roon, na siya'y inilalagay nila araw-araw sa pintuan ng templo na tinatawag na Maganda, upang manghingi ng limos sa nagsisipasok sa templo; [3]Ito, pagkakita kay Pedro at kay Juan na magsisipasok sa templo, ay namanhik upang tumanggap siya ng limos. [4]At pagtitig sa kaniya ni Pedro, na kasama si Juan, ay sinabi, Tingnan mo kami. [5]At kaniyang pinansin sila, na umaasang tatanggap sa kanila ng anomang bagay.**
**[6]Datapuwa't sinabi ni Pedro, Pilak at ginto ay wala ako; datapuwa't ang nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesucristo ng taga Nazaret, lumakad ka. [7]At kaniyang hinawakan siya sa kanang kamay, at siya'y itinindig: at pagdaka'y nagsilakas ang kaniyang mga paa at mga bukong-bukong. [8]At paglukso, siya'y tumayo, at *nagpasimulang* lumakad; at pumasok na kasama nila sa templo, na lumalakad, at lumulukso, at nagpupuri sa Diyos.**
**[9]At nakita ng buong bayang siya'y lumalakad, at nagpupuri sa Diyos: [10]At nangakilala nila na siya nga ang nauupo at *nagpapalimos* sa Pintuang Maganda ng templo; at sila'y nangapuspos ng panggigilalas at pamamangha sa nangyari sa kaniya.**

**3:1 "Si Pedro at si Juan nga ay nagsisipanhik sa templo"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay ang kagawian ng lahat ng naunang mga disipulo na pumunta sa Templo araw-araw (cf. Lucas 24:53; Mga Gawa 2:46). Ang orihinal na mga taga-sunod ay sumasamba sa Palestina
1. sa Templo (kahit minsan sa mga natatanging mga araw kundi araw-araw)
2. sa lokal na sinagoga (bawat Sabbath)
3. kasama ang mga mananampalataya tuwing Linggo

Ito ang huwaran para sa mahabang yugto ng panahon. Ang mga mananampalatayang ito ay hindi nakita ang paghihiwalay sa pagitan ng kanilang pananampalataya kay Hesus bilang isang Ipinangakong Mesias at Judaismo. Nakita nila ang kanilang mga sarili bilang "mga tao o katipunan ng Israel." Ito ang dahilan kung bakit nila pinili ang pangalang *ekklesia* para sa kanilang pangkat. Sa Septuagint, ganito isinalin ang Hebreong pangkasunduang parirala, "ang katipunan (*qahal*) ng Israel.".

Ang mga Hudyo ay kumuha ng opisyal na pagkilos pagkatapos ng pagbagsak ng Herusalem at ipinatupad ang isang panatang pormula (pagtanggi kay Hesus bilang Mesias) upang higpitan ang pagsabi sa mga lokal na sinagoga. Ito ay nang ang iglesiya ay pinagtibay ang kanyang araw ng pagsamaba tuwing Linggo (ang araw upang alalahanin ang muling pagkabuhay ni Hesus; ang araw na nagpakita si Hesus nang tatlong beses sa mga alagad sa Itaas na Silid).

Si Juan ay kadalasang nakikilala kasama ni Pedro sa Mga Gawa (cf. 1:13; 3:1,3,4,11; 4:13,19; 8:14). Ito ay tiyakang maaari na ang naunang iglesiya sa Herusalem ay may mga pangkat ng mga pinuno na kumakatawan sa iba't-ibang mga pananaw at pagbibigay-diin sa ebanghelyo. Maaaring sina Pedro at Juan ay mas bukas sa pag-e-ebanghelyo sa mga Hentil (cf. vv. 8,10), habang si Santiago (ang kapatid sa ina ni Hesus) ay mas kilala na may isang konserbatibong pang-Hudyong sangkap. Ang lahat ng ito ay nabago sa ilang sukat pagkatapos ng Konseho ng Herusalem ng Mga Gawa 15.

▣ **"nang oras ng pananalangin, na ikasiyam"** Ito ay nangangahulugang siyam na oras pagkatapos na sumikat ang araw. Ang mga Hudyo (i.e., mga Fariseo) sa tradisyon ay nananalangin bawat araw ng 9 a.m., 12 noon, at 3 p.m. (maaaring batay sa Awit 55:17). Ang tekstong ito ay tumutukoy sa oras ng panggabing paghahandog, na 3 p.m. (ang pang-umagang paghahandog ay 9 a.m.). Maraming mga tao ay nandoon sa templo sa ganitong oras (cf. 10:30).

**3:2 "isang lalake na pilay buhat pa sa tiyan ng kaniyang ina"** Ang lahat ng karaniwang dumadalo sa Templo ay nalalaman ang kalagayan ng lalaki ("paulit-ulit na dinadala" ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK); samakatuwid, walang pagkakataon sa

isang panloloko ang nakapaloob sa pagpapagaling (cf 3:10; 4:22). Ito ay isang katuparan ng OT pang-Mesias na propesiya (cf. Isaias 35:6). Ang mga Hudyo ay nagnanais ng isang tanda; Binigyan sila ni Hesus nang mapakarami, ngayon sila ay mayroon pang isa kung mayroon lamang silang mga mata upang makakita.

Dito ay ang nakakagulat na kabalintunaan ng may-sakit na umuupo araw-araw at ang bahay ng Diyos. Sa katunayan, mayroon nang pagbabawal laman sa mga uri ng mga taong ito na magsiglang makilahok sa pagsamba (i.e., paglilingkod bilang mga saserdote, cf. Levitico 21:16-24). Ang ebanghelyo ay nag-aalok ng bagong araw. Kahit na ang bating (walang pisikal na hadlang) taga-Etiopia (walang mga panlahing hadlang) ay tinatanggap sa bagong kaharian (cf. 8:26-40).

▣ **"sa pintuan ng templo na tinatawag na Maganda"** Ang tiyak na kinaroroonan ng pasukan ay di-tiyak. Ito ay maaaring ang Pintuang Nicanor na gawa sa tanso sa Corinto (Flavius Josephus, *Antiq*. 15.11.3; *Wars* 5.5.3). Ito ay nagsimula sa Hukuman ng mga Hentil hanggang sa Hukuman ng mga Babae. Ito ay nasa silangang panig ng templo, na humaharap ng Bundok Oliva, malapit sa Portiko ni Salomon.

▣ **"upang manghingi ng limos sa nagsisipasok sa templo"** Ang pagbibigay-limos, o pagkakaloob sa ma mahihirap, ay isan kinakailangang bahagi ng pang-Hudyong pananampalataya (cf. Mateo 6:1-4; Lucas 11:41; 12:33; Mga Gawa 10:2,4,31; 24:17). Kadalasang ang salapi ay nililikom nang lingguhan sa lokal na mga sinagoga at pagkatapos, ang pagkain ipinamamahagi, ngunit tila ang ilang ay nagmamakaawa araw-araw sa lugar ng Templo mismo.

## NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY NG LIMOS

I. Ang termino mismo
   A. Ang terminong ito ay lumago sa loob ng Judaismo (i.e., ang yugto ng Septuagint).
   B. Ito ay tumutukoy pagkakaloob sa mahirap at/o nangangailangan.
   C. Ang Ingles na salitang "pagbibigay-limos" ay nagmula sa isang pagdadaglat ng Griyegong terminong *eleēmosunē*.

II. Konsepto sa Lumang Tipan
   A. Ang konsepto ng pagtulong sa mahirap ay ipinapahayag nang una sa Torah (mga sulat ni Moises, Genesis-Deuteronomio).
      1. karaniwang konteksto, Deuteronomio 15:7-11
      2. "pag-iipon," pag-iiwan ng bahagi ng ani para sa mahirap, Levitico 19:9; 23:22; Deuteronomio 24:20
      3. "ang taon ng sabbath," pagpapahintulot sa mahirap na kumain ng bunga ng ikapito taon, na hindi natamnan ang lupa, Exodo 23:10- 11; Levitico 25:2-7.
   B. Ang konsepto ay lumago sa Karunungang Panitikan (mga piling halimbawa)
      1. Job 5:8-16; 29:12-17 (ang masamang inilarawan sa 24:1-12)
      2. ang Mga Awit 11:7
      3. Kawikaan 11:4; 14:21,31; 16:6; 21:3,13

III. Paglago sa Judaismo
   A. Ang unang pangkat ng Mishnah tinatalakay kung paano pakikitunguhan ang mahirap, nangangailangan, at mga lokal na Levita.
   B. Mga piling sipi
      1. "gaya ng tubig na pumapatay ng isang nagliliyab na apoy, sa gayon, ang pagbibigay-limos ay nakapagbabayad ng kasalanan" (Ecclesiasticus [kilala rin bilang Karunungan ni Ben Sirach] 3:30, NRSV)
      2. "mag-ipon ng pagbibigay-limos sa iyong imbakan at ito ang magsasalba siyoa mula sa bawat sakuna" (Ecclesiasticus 29:12, NRSV)
      3. "para sa kanila na kumikilos na sang-ayon sa katotohanan ay mananagana sa lahat ng ginagawa. Sa lahat ng sinumang tumutupad sa katuwiran [7]magbigay ng limos mula sa yong mga ari-arian, at huwag hayaan ang iyong mata ay mainggit sa kaloob kung ginawa mo ito. Huwag mong ikiling ang iyong mukha palayo sa kaninuman na mahirap, at ang mukha ng Diyos ay hindi ikikiling palayo sa iyon. [8]Kung ikaw ay maraming ari-arian, gawin mong may sukat ang kaloob para sa kanila; kung kaunti, huwag kang matako ng magkaloob sang-ayon sa kaunting mayroon ka. [9]Upang ikaw ay makapag-ipon ng isang mabuting kayamanan para sa iyong sarili laban sa araw ng pangangailangan. [10]Dahil ang pagbibigay-limos ay magtutubos mula sa kamatayan at mag-iingat sa iyo mula sa pagpunta sa Kadiliman. [11]Samakatuwid, ang pagbibigay-limos, para sa lahat na tumutupad nito, ay isang pinakamainam sa paghahandog sa harapan ng Kataas-taasan." (Tobit 4:6-11, NRSV)
      4. "[8]Ang panalangin at pag-aayuno ay mabuti, ngunit mas higt sa dalawa ay pagbibigay-limos na may katuwiran. Ang kaunting katuwiran ay mas higit sa kayamanang may maling gawa. Mas mabuting

magbigay ng limos kaysa sa mag-ipon ng ginto. [9]Dahil ang pagbibigay-limos ay nagliligtas mula sa kamatayan at naglilinis ng bawat kasalanan. Silang nagbibigay ng limos ay matatamsa isang hustong buhay." (Tobit 12:8-9, NRSV)

C. Ang huling sipi mula sa Tobit 12:8-9 ay nagpapakita ng umuunlad na suliranin. Ang paggawa ng tao/mga kagalingan ng tao ay makikita bilang isang kaparaan para sa kapwa pagpapatawad at kasaganahan.

Ang konseptong ito ay mas lalong lumago sa Septuagint, kung saan ang Griyegong termino para sa pagbibigay-lumos (*eleēmosunē*) ay naging isang kasingkahulugan para sa katuwiran (*dikaiosunē*). Sila ay maaaring pamalit para sa isa't-isa sa pagsasalin ng Hebreong terminong *hesed* (Pangkasunduang pag-ibig at katapatan ng Diyos, cf. Deuteronomio 6:25;
24:13; Isaias 1:27; 28:17; 59:16; Daniel 4:27).

D. Ang mga pagkilos ng kahahabagan ng mga tao ay naging isang layunin sa kanilang sarili upang maisakatuparan ang isang pansariling kasaganahan dito at kaligtasan at kamatayan. Ang pagkilos mismo, sa halip na ang motibo sa likod ng pagkilos, ay naging kaunahan sa teolohiya. Ang Diyos ay tumitingin sa puso, pagkatapos ay humahatol sa mga gawa ng kamay. Ito ang pagtuturo ng mga rabbi, ngunit ito, kahit papaanot, ay nawala sa paghahangad ng pansariling katuwiran ng tao (cf. Mikas 6:8).

IV. Ang Reaksyon ng Bagong Tipan

A. Ang terminong ay matatagpuan sa
1. Mateo 6:1-4
2. Lucas 11:41; 12:33
3. Mga Gawa 3:2-3,10; 10:2,4,31; 24:17

B. Ipinapahayag ni Hesus ang tradisyonal na pang-Hudyong kaunawaan ng katuwiran (cf. II Clemente16:4) sa Kanyang Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7) na tumutukoy sa
1. Pagbibigay-limos
2. Pag-aayuno
3. panalangin

Ang ilang mga Hudyo ay nagtitiwala sa kanilang mga pagkilos. Ang mga pagkilos ay nangangahulugang pagdaluyin ang isang pag-ibig para sa Diyos, sa Kanyang salita, at mga kapatid sa kasunduan at kapatid na babae, hindi sariling pakinabang o sariling katuwiran! Ang pagpapakumbaba ay isang patnubay para sa nararapat na pagkilos. Ang puso ay mahalaga. Ang puso ay mapanganib na masama. Kailangang baguhin ng Diyos ang puso. Ang bagong puso ay tumutulad sa Diyos!

**3:3** Ang layon (motibo) ng tao sa orihinal ay sa salapi lamang (cf. v. 5).

**3:4 "At pagtitig sa kaniya"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"Tingnan mo kami"** Ninanais nila ang kanyang di-nahahating pansin (*blepō* ay nasa isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS na anyo).

**3:5** Ang mga Apostol ay mga taong hindi mayaman sa pananalapi, ngunit sila ay may paglapit sa mga espiritwal na kayamanan ng Diyos (cf. v. 6).

**3:6 "Sa pangalan ni Hesukristo"** Ang "Pangalan" ay isang Hebreong Kataga na nagpapahayag ng kanyang katangian (cf. Lucas 9:48,49; 10:17; 21:12,17; 24:47, tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:21). Ito ay nakakagulat sa taong ito. Si Hesus ay isang kamakailan lang ay pinarusahan at ipinako sa krus na kriminal, na kung saan tinatawag ng di-kilalang tao (i.e,. Pedro) na "ang Mesias" (i.e., "Ang Kristo," na isang Griyegong salin, tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:31).

▣ **"Ang Nazareno"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:22.

▣ **"lumakad ka"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Sina Pedro at Juan, tulad ni Hesus, ay gumamit ng isang pagkakataong tagpo upang ipakita ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos at upang pagtibayin din ang mensahe ng ebanghelyo (cf. v. 9). Ang pagpapagaling na ito ay nakatawag-pansin sa mga Hudyong nananambahan (cf. v. 12ff).

**3:7** Ito ay isang tala ng saksi sa maraming magkakaugnay na mga kaganapan. May isang tao ang nagsalaysay kay Lucas patungkol dito sa malinaw, detalyadong mga salita.

▣ **"pagdaka"** Ito ay ang Griyegong terminong *parachrēma*. Ginamit ito ni Lucas nang sampung beses sa kanyang Ebanghelyo at anim na bases sa Mga Gawa (cf. 3:7; 5:10; 12:23; 13:11; 16:26,33). Ito ay ginamit lamang ng dalawang beses sa Mateo at wala nang iba pa sa NT. Ito ay ginamit nang maraming beses sa Septuagint. Si Lucas ay gumagamit nang

madalas ng mga kataga at mga terminong mula sa Griyegong saling ito sa Hebreong OT. Kailangan nating malaman nang mahusay ang OT, maaaring mula sa kanyang pakikisama kay Apostol Pablo o pakikilahok sa Kristiyanong katesismo kasama ng bagong mga mananampalataya.

**3:8 "At paglukso, siya'y tumayo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI (cf. v. 9). Ang lalaking ito ay nagsimulang maglakad nang paikot-ikot sa lahat ng bahagi ng Templo. Anong isang pagkakataon ay ibahagi ang Mabuting Balita!

**3:10** Kilala nila ang taong ito (DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, sila ay nagsimulang makilala siya). Siya ay hindi dayuhan o panauhin. Nakikita na nila siya sa pintuan araw-araw, at linalagpasan! Gayunman, ang mga kinatawan ni Hesus ay hindi lamang basta lumagpas, sila ay kumilos sa kapangyarihan ng Pentecostes!

▣ **"sila'y nangapuspos"** Madalas na gumagamit ng ganitong termino si Lucas (tingnan ang buong tala sa 5:17). Ang mga tao ay maaaring "mapuspos" ng maraming bagay (i.e., inilalarawan ng).

1. ang Banal na Espiritu, Lucas 1:15,41,67; Mga Gawa 2:4; 4:8,31; 9:17; 13:9
2. pagkapoot, Lucas 4:28; 6:11
3. pagkatakot, Lucas 5:26
4. paghanga at panggigilalas, Mga Gawa 3:10
5. panibugho, Mga Gawa 5:17; 13:45
6. pagkalito, Mga Gawa 19:29

Sina Pedro at Juan ay nagnanais na ang mga ito na namangha (napukaw nila ang kanilang pansin) na mapuspos ng ebanghelyo!

▣ **"panggigilalas at pamamangha"** Ang mga bagay na ito ay karaniwan din sa mga sulat ni Lucas.

1. pamamangha, *thambos*, Lucas 3:6; 5:9; Mga Gawa 3:10 at *ekthambos* sa 3:11
2. panggigilalas
   a. *ekstasis*, Lucas 5:26; Mga Gawa 3:10; 10:10; 11:5; 22:17
   b. *existēmi*, Lucas 2:47; 8:56; 24:22; Mga Gawa 2:7,12; 8:9,11; 9:21; 10:45; 12:16

Ang pag-ibig at pagkilos ng Diyos ay palagiang nagdudulot ng panggigilalas (ang mga Griyegong salitang ito ay ginamit sa Septuagint para sa pagkatakot at pagkamangha sa Diyos, cf. Genesis 15:12; Exodo 23:27; Dueteronomio 28:28).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:11-16

**11 At samantalang siya'y nakahawak kay Pedro at kay Juan, ay nagsitakbong samasama sa kanila ang buong bayan sa tinatawag na portiko ni Salomon na lubhang nanggigilalas. 12 At nang makita ito ni Pedro, ay sumagot sa mga tao, Kayong mga lalaking taga Israel, bakit kayo'y nagsisipanggilalas sa taong ito? o bakit kami ang inyong tinititigan, na sa inyong akala ay dahil sa aming sariling kapangyarihan o kabanalan ay aming napalakad siya? 13 Ang Diyos ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob, ang Diyos ng ating mga magulang, ay niluwalhati ang kaniyang Lingkod na si Hesus; na inyong ibinigay, at inyong tinanggihan sa harap ni Pilato, nang pasiyahan nito na siya'y pawalan. 14 Datapuwa't inyong pinakatanggihan ang Banal at ang Matuwid na Ito, at inyong hiningi na ipagkaloob sa inyo ang isang mamamatay-tao, 15 At inyong pinatay ang Lumikha ng buhay: na binuhay ng Diyos na maguli sa mga patay; mga saksi kami ng mga bagay na ito. 16 At sa pamamagitan ng pananampalataya sa kaniyang pangalan ay pinalakas ng kaniyang pangalan ang *taong ito*, na inyong nakikita at nakikilala: oo, ang pananampalataya na sa pamamagitan niya'y nagkaloob sa kaniya nitong lubos na kagalingan sa harapan ninyong lahat."**

**3:11 "samantalang siya'y nakahawak kay Pedro"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Naiisip ko na siya ay humahawak kay Pedro na gaya ng paghawak ni Maria kay Hesus sa hardin (cf. Juan 20:16-17).

▣ **"portiko ni Salomon"** Ito ay isang mahabang may takip na kaagapay ng silangang panig ng hukuman ng mga Hentil (cf. Josephus' *Antiq.* 20.9.7). Ang bubong ay itinataguyod ng mga haligi. Nakuha nito ang kanyang pangalan mula sa katotohanang ang lumang pundasyon ng templo ni Solomon ay matatagpuan sa katulad pangkalahatang lugar. Madalas na magturo dito sa Hesus (cf. Juan 10:23).

**3:12 "At nang makita *ito* ni Pedro"** Nakita nila ang pagkamanga at pag-usisa ng karamihan ng tao at sinamantala ang (cf. Colosas 4:3; II Timoteo 4:2) ang pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo (i.e., ang pangalawang pangangaral ng bagong iglesiya).

▣ **"mga lalaking taga Israel"** Tinawag sila ni Pedro nang ganito sa 2:22. Patuloy na pinapahayagan ni Pedro ang mga Hudyo.

▣ **"bakit…bakit"** Si Pedro ay nagtanong kung bakitsila namangha sa isang mahimalang pagpapagaling. Hindi ba ginawa ni Hesusang ganitong uri ng mga himala noong huling linggo ng Kanyang buhay?

Gayundin, bakit nila tiningnan sina Pedro at Juan na lubhang humahanga, gaya na kung ginawa nila ito? Ito ay isang tanda ng pagkamapagkakatiwalaan ng ebanghelyo at ang kapangyarihan ng pangalan ng muling nabuhay na Mesias.

Ang Espiritu ay isinakatuparan ang himalang ito dahil sa maraming kadahilanan.

1. upang patotohanan ang pagkapinuno nina Pedro at Juan
2. upang tulungan ang isang nangangailangang tao
3. upang magpatotoo sa mga Hudyo sa Templo

**3:13 "Ang Diyos ni Abraham, at ni Isaac, at ni Jacob"** Ito ay nagpapakita na ang gawain ni Hesus at ang ebanghelyo ay nauugnay nang napakahalaga sa Kasunduang Diyos at Kasunduang Bayan ng Lumang Tipan (cf. Exodo 3:6,15; Lucas 20:37).

Ang Kristiyanismo ay kailangang ipakilala bilang ang tunay na katuparan ng Judaismo (cf. Mateo 5:17-19). Maraming mga Hudyo ay maaring makita ito bilang isang kabuktutan, ngunit NT mga may-akda ay nakita ito bilang isang katuparan. Ang mga tagasunod ni Hesus ay ang ipinangakong pagbubunga ng "bagong kasunduan" saJeremias 31:31-34 (cf. Galacia 6:16). Hindi natapos ng Israel ang kanyang pang-misyong gawain na maging isang kaharian ng mga saserdote sa mundo (cf. Exodo 19:5-6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Ang iglesiya ay binigyan ng mandato (kautusan) (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Ang layunin ng Diyos ay ang pagpapanumbalik ng Kanyang wangis sa sangkatauhan, upang ang Kanyang panimulang layunin ng pakikipag-ugnayan ay maisakatuparan. Kung mayroon lamang iisang Diyos (i.e., monoteismo, tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:39), kung gayon ay walang magiging isang natatanging bayan, tanging mga lingkod na ipaglilingkod ang pangkalahatang layunin ng Diyos sa lahat ng sangkatauhan. (tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:8).

▣ **"ay niluwalhati"** Ang terminong ito ay maaaring maunawaan sa maraming kaparaanan.

1. ang dagliang konteksto sa pagpapagaling ng isang pilay sa Kanyang pangalan
2. ang mas malaking konteksto ng pangangaral ni Pedro kay Hesus na muling nabuhay at samakatuwid ay naluwalhati
3. ang OT konteksto kay Hesus bilang ang darating na Mesias
4. sa Ebanghelyo ni Juan, ang terminong ito ay palaging ginagamit ni Hesus sa Kanyang sarili para sa Kanyang pagpapapako sa krus (cf. 7:39; 12:10,23; 13:31-32; 16:14; 17:1).

## NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (*DOXA*)

Ang biblikal na konsepto ng "kaluwalhatian" ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian " (*kbd*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exod 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang katagang "kaluwalhatian" ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng "ang katwiran ng Diyos"
2. ito ay maaring tumukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-22). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; and Bilang 14:10.

▣ **"kaniyang Lingkod"** Ang terminong "lingkod" (*pais* ay palaging ginagamit sa LXX)

1. isang paggalang na titulo sa OT na ginamit para kina Jacob, Moises, Joshua, at David (cf. Awit 105; Lucas 1:69)
2. sa mga Awit Paglilingkod ng Isaias (i.e., 42:1-5; 49:1-7; 50:4-11; 52:13-53:12)
3. ang bansang Israel (cf. 41:8-9; 42:19; 43:10; 44:1,21; gayundin sa LXX na makikita sa Lucas 1:54)
4. Mesias ng Diyos (cf. 42:1; 52:13; 53:11)
5. *Pais* ay ginamit kay Hesus bilang Lingkod/Mesias sa Mga Gawa 3:13,26; 4:27,30

Walang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng ang pangkalahatan at pang-isahang aspeto, lalo na sa huling Awit (i.e., Isaias 52:13-53:12). Sa konteksto, hindi ito maaaring pumatungkol sa Israel.

1. ang bansa ay hindi maaaring walang sala na nagdadala ng katubusan dahil ang bansa ay karapat-dapat sa kahatulan (cf. Isaias 41:18-22; 53:8d)

2. ang Septuagint ay binago ang "ikaw" sa Isaias 52:14 to "Kanya" (gayundin sa v. 15). Ang pang-Hudyong mga tagapagsalin bago ang kapanganakan ni Hesus (maaaring 250-150 B.C.) ay nakita ang tekstong ito bilang pang-Mesias at indibidwal.

▣ **"Hesus"** Kapag ang pangalang Hesus ay ginamit mismo, ito ay kadalasang nagbibigay-diin sa Kanyang pagkatao (cf. v. 6).

▣ **"na inyong ibinigay, at inyong tinanggihan"** Ang "inyo" ay pagbibigay-diin! Ito ay hindi lamang para sa Hudyong mga pinuno na may pananagutan sa kamatayan ni Hesus (cf. v. 17; 2:23). Si Pedro ay gumawa ng isang tiyakang sanggunian sa pagtugon ng mga tao sa harapan ni Pilato (cf. Lucas 23:18-25). Ito ay maaaring ang ilan sa kanilang nandoon, ngunit nagpapahayag si Pedro sa karamihan ng mga tao na may pananagutan bilang isang pangkat (cf. v. 15). Ang piniling bayan ng Diyos (mga Hudyo) "ay binigay" at "tinanggihan" Mesias ng Diyos (cf. Juan 1:11).

▣ **"Pilato"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: PONTIO PILATO

I. Ang Lalake
  A. Lugar at panahon ng kapanganakan ay hindi nalalaman
  B. Kabilang sa grupo ng Equestrian (itaas na panggitnang antas ng lipunan ng mga Romano)
  C. May asawa, ngunit walang nalalamang mga anak
  D. Sinaunang administratibong mga pagtatalaga (kung saan ay tiyak na mayroong mga ilan) walang nakakaalam

II. Kanyang Personalidad
  A. Dalawang magkaibang mga pananaw
    1. Philo (*Legatio and Gaium*, 299-305) at Josephus (*Antiq.* 18.3.1 at *Jewish Wars* 2.9.2-4) inilarawan siya bilang malupit at walang habag na diktador.
    2. Ang NT (mga Ebanghelyo, Mga Gawa) ay nagpapakita ng mahina, medaling mamanipula na Romanong prokurator
  B. Paul Barnett, *Jesus and the Rise of Early Christianity*, pp. 143-148, ay nagbibigay ng tila totoo na paliwanag sa dalawang pananaw na mga ito.
    1. Si Pilato ay hindi naitalaga bilang prokurator noong A.D. 26 sa ilalim ni iberius, na isang makahudyo (cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 160-161) sa pamamagitan ng pagpayo ni Sejanus, ang galit sa Hudyo na punong tagapayo ni Tiberius.
    2. Si Tiberius ay nagdanas ng matinding pagkatalo sa politikal na kapangyarihan kay L. Aelius Sejanus, ang kanyang praetorian na prefek na naging siyang tunay na kapangyarihan sa likod ng trono at siyang may labis na galit sa mga Hudyo(Philo, *Legatio land Gaium*, 159-160).
    3. Si Pilato ay ang bata ni Sejanus at sinubukang magpalakas sa kanya sa pamamagitan ng
      a. pagdadala ng mga pamantayang Romano sa Jerusalem (A.D. 26), na ang ibang mga procurator ay hindi nagawa. Ang mga simbolong ito ng Diyos ng mga Romano ang nagpagalit sa mga Hudyo (cf. Josephus' *Antiq*. 18.3.1; *Jewish Wars* 2.9.2-3).
      b. ang mga salaping barya (A.D. 29-31) na may mga imahe ng pagsamba ng mga Romano na nakaukit sa mga ito. Si Josephus ay nagsasabi na siya ay puno ng layunin sa pagsubok na baluktutin ang mga batas ng at mga kaugalian ng mga Hudyo (cf. Josephus, *Antiq.* 18.4.1-2).
      c. pagkuha ng pero mula sa ponding pananalapi ng Templo upang magpatyo ng daanang patubig sa Jerusalem (cf. Josephus, *Antiq.* 18.3.2; *Jewish Wars* 2.9.3).
      d. pagpatay ng ilang mga taga Galiea habang nag-aalay ng sakripisyo sa panahon ng Paskuwa sa Jerusalem.
      e. pagdadala ng Romanong pananggalang sa Jerusalem noong A.D. 31. Ang anak ni Dakilang Herodes ay nag-apila sa kanya na tanggalin ang mga ito at ibalik, ngunit hindi siya tumalima, kaya sumulat sumulat si kay, na nagpautos na alisn at ibalik ang mga ito sa Caesarea sa may baybaying dagat(cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 299-305).
      f. pagpatay ng maraming mga Samaritano sa Bundok Gerizim (A.D. 36/37) habang naghahanap ang mga ito ng sagradong mga bagay para sa kanilang relihiyon, na nawawala. Ito ang nagdahilan sa mga local na nakatatas ni Pilato (Vitellius, Prefect of Syria) na alisin siya sa kanyang katungkulan at ipadala siya sa Roma (cf. Josephus, *Antiq.* 18.4.1-2).
    4. Si Sejanus ay binitay noong A.D. 31 at si Tiberius ay pinanumbalik muli sa buong politikal na kapangyarihan; samakatuwid, #a, b, c at d ay posibleng mga ginawa ni Pilato upang makuha muli ang pagtitiwala ni Sejanus; ang #e at f ay maaring mga pagtatangka na makuha at tiwala ni Tiberius, ngunit

maaring ito ay nakasama pa.

5. Halata na sa pagpapanumbalik ng emperor na makahudyo, dagdagan pa ng opisyal na kasulatan na nag-uutos sa mga prokurator mula kay Tiberius na maging mabuti sa mga Hudyo (cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 160-161), na ang Hudyong pamumuno sa Jerusalem ay kumuha ng bentaha sa politikal na kahinaan ni Pilato sa pamamagitan ni Tiberius at minanipula siya upang si Hesus ay maipako. Ang teoryang ito ni Barnett ay nagdadala ng dalawang pananaw kay Pilato ng sabay-sabay sa paraang halos totoo.

III. Kanyang Kapalaran
   A. Siya ay muling ipinatawag at dumating sa Roma agad pagkatapos ng kamatayan ni Tiberius (A.D. 37).
   B. Siya ay hindi na muling naitalaga.
   C. Pagkatapos nito wala ng nakakaalam sa kanyang buhay. Mayroong maraming mga teorya,subalit walang tiyak na mga katotohanan.

▣ **"nang pasiyahan nito na siya'y pawalan"** Ito ay tumutukoy sa Lucas 23:4,14,22, kung saan si Pilato ay sinabi ng tatlong beses, "Wala akong masumpungang kasalanan sa taong ito," gayundin ay tatlong beses na sinubukan Siyang palayain (cf. Lucas 23:16,20,22). Maraming mga iskolar ay naniniwala na ang Mga Gawa ay isinulat upang ipakita na ang mga pinunong Romano ay hindi natagpuan si Hesus na taksil. Si Pilato ay pinilit ng pamunuan ng mga Hudyo na gawin ang bagay na nag-aatubuli siyang gawin.

**3:14 "ang Banal at ang Matuwid na Ito"** Maliwanag na ipinapahayag nito ang kawalang-sala at kawalang kasalanan ni Hesus. Ang paglilitis ay isang katatawanan. Ito ay isa pang OT pang-Mesias na titulo (cf. Isaias 53:11; Mga Gawa 7:52; 22:14; Juan 6:69). Ang mga demonyo ay tinatawa si Hesus na ang Isang Banal ng Diyos sa Marcos 1:24; Lucas 4:34. Tingnan ang mga Natatangging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG ISANG BANAL

"Ang ISANG BANAL" ay maaring tumutukoy sa

1. Diyos Ama (cf. maraming bilang sa OT na mga sipi sa"ang Nag-iisang Banal ng Israel")
2. Diyos Anak (cf. Marcos 1:24; Lucas 4:34; Juan 6:69; Mga Gawa 3:14)
3. Diyos Espiritu (Kanyang titulo, "Banal na Espiritu" cf. Juan 1:33; 14:26; 20:22).

Mga Gawa 10:38 ay isang talata na kung saan lahat ng persona ng pagkaDiyos ay kasangkot sa pagpahid. Si Hesus ay pinahiran (cf. Lucas 4:18; Mga Gawa 4:27; 10:38). Dito ang konsepto ay pinalawak upangisama ang lahat ng mga mananampalataya (cf. I Juan 2:27). Ang Isang Pinaharan ay naging mga pinahiran! Ito ay marahil kahanay sa ang AntiKristo at mga antiKristo (cf. I Juan 2:18). Ang simbolong pagkilos sa OT ng pisikal na pagpahid ng langis (cf. Exodo 29:7; 30:25; 37:29) ay nauugnay doon sa mga tinawag at inihanda ng Diyos para sa natatanging tungkulin (i.e., mga propeta, mga saserdote, at mga hari). Ang salitang "Kristo" ay isang salin ng Hebreong salita"ang isang pinahiran" o Mesias.

## NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

Ang "Katuwiran" ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. paghahayag na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang "ang katuwiran ng Diyos" ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
   a. Roma 3:26
   b. II Thesalonica 1:5-6
   c. II Timoteo 4:8
   d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
   a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
   a. Levitico 19:2
   b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)

4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
    a. Roma 3:21-31
    b. Roma 4
    c. Roma 5:6-11
    d. Galacia 3:6-14
    e. Ibinigay ng Diyos
        1) Roma 3:24; 6:23
        2) I Corinto 1:30
        3) Efeso 2:8-9
    f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
        1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
        2) II Corinto 5:21
    g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
        1) Roma 5:21
        2) II Corinto 5:21
        3) Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
    a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
    b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
    c. I Timoteo 6:11
    d. II Timoteo 2:22; 3:16
    e. I Juan 3:7
    f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
    a. Gawa 17:31
    b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa IVP

"Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

▣ **"at inyong hiningi ang isang mamamatay-tao"** Ito ay lubhang mapanuya na si Barabbas ay may sala ng katulad na krimen na isinasakdal kayHesus ng—sedisyon (panunulsol sa pamahalaan) (cf. Lucas 23:18-19,23-25).

**3:15 "At inyong pinatay"** Ito ay nakakagulat na sa maraming mga teksto na nabanggit ang kamatayan ni Hesus (cf. 2:23,36; 3:15; 4:10; 5:30; 7:52; 10:39; 13:28) sa Mga Gawa napakaliit ang lumago mula sa mga linya ng Genesis 3:15 o Isaias 53.

Mayroon ding mga pagkakaiba sa paraan na sinipi ang Kanyang kamatayan.

1. naipako sa isang krus – 2:23
2. ipinako sa krus – 2:36; 4:10
3. inalagay sa kamatayan – 3:15; 13:28
4. inalagay sa kamatayan sa pamamagitan ng pagbitin sa Kanya sa krus– 5:30; 10:39
5. pinatay – 7:52

Ang muling pagkabuhay ay binigyang-diin ngunit hindi ang panghaliling katubusan.

▣

**NASB, NKJV "ang Lumikha ng buhay"**
**NRSV, NIV "ang May-akda ng buhay"**
**TEV "ang isang maghahatid sa buhay"**
**NJB "ang prinsipe ng buhay"**
**Moffatt "ang nangunguna sa buhay"**

Ang titulong ito ay nagpapakita ng isa sa tatlong maaaring kahulugan ng *archēgos*:
1. ang may-akda o pinanggalingan (cf. NRSV, Hebreo 2:10; 12:2)
2. ang kinatawan ng paglalang (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2)
3. ang isang nanguna, isang tagatuklas (cf. TEV, NEB, Moffatt, Mga Gawa. 5:31)

Ang termino ay isang maliwanag na kasalungat sa "mamamatay-tao" (v. 14). Tingnan ang Natatangging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MAY-AKDA/PINUNO (*ARCHĒGOS*)

Ang terminong "may-akda" o "pinuno" ay ang Griyegong termino na *archēgos*. Ito ay nagmula sa Griyegong ugat na "simula" (*archē*) and "humayo" o "manguna" (*agō*). Ang tambalan ay naging gamit sa isang namumuno, prinsipe, o pinuno (tao o anghel). Ang termino ay ginamit lamang sa NT.
1. prinsipe o may-akda ng buhay sa Mga Gawa 3:15
2. prinsipe o pinuno (cf. Mga Gawa 5:31)
3. maging ganap ang may-akda ng kanilang kaligtasan, Hebreo 2:10
4. ang may-akda (o tagapanguna) at tagaganap ng kanilang pananampalataya sa Hebreo 12:2

Si Hesus ang tagasimula, ang tagatustos, at tagatapos sa kanilang kaligtasan.

▣ **"binuhay ng Diyos na maguli sa mga patay"** Kadalasan sa NT ang Ama ang nagbuhay sa Anak mula sa patay bilang isang tanda ng Kanyang pagsang-ayon sa buhay, mga katuruan, at paghaliling kamatayan ni Hesus. Ang NT rin ay pinapatunayan na ang lahat ng tatlong persona sa Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus:
1. ang Espiritu (cf. Roma 8:11)
2. ang Anak (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. ang Ama (cf. Mga Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9)

Ito ay isang pangunahing teolohikong aspeto ng *Kerygma* (tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:14). Kung hindi ito totoo, ang lahat ng iba pa ay hindi totoo (cf. I Corinto 15:12-19).

▣ **"mga saksi kami ng mga bagay na ito"** Ito ay alinman sa
1. isang pagbibigay-diin sa pangunahing pinanggalingang materyal; ang mga tagapakinig ay mga saksing nakakita (cf. 2:22)
2. isang sanggunian sa mga Apostol at mga alagad sa Itaas na Silid (cf. 1:22; 2:32)

Sa konteksto, ang bilang 2 ay tila ang pinakamaigi.

**3:16 "sa pamamagitan ng pananampalataya"** Ang katulad na parirala ay makikita sa Filipos 3:9. Ang Griyegong terminong "pananampalataya" (*pistis*) ay maaaring isalin sa Ingles bilang "pananampalataya," "pagtitiwala," o "paniniwala." Ito ay ang may pasubaling pagtugong ng sangkatauhan sa walang pasubaling biyaya ng Diyos (cf. Efeso 2:8-9). Ito ay karaniwang ang pagtitiwala ng mananampalataya sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Diyos (i.e., ang Kanyang mga katangian, ang Kanyang mga pangako, ang Kanyang Mesias) o pananampalataya sa katapatan ng Diyos! Ito ay napakahirap sa mga tala ng pagpapagaling sa mga Ebanghelyo at Mga Gawa na isalaysay ang espiritwal na (i.e., pangkasunduan) panig ng pangyayari. Silang napagaling ay hindi palaging "ligtas" (cf. Juan 5). Tingnan ang Natatangging Paksa sa ibaba.

Ang Griyegong PANG-UKOL na ginamit sa pariralang ito, *eis* (cf. Filipos 3:9), ay di-karanwian kapag ginamit sa pananampalataya ng isa kay Kristo (katulad na kapahayagan sa Mga Gawa 2:38). Karaniwang isa sa maraming MGA PANG-UKOL ay ginagamit.
1. *dia* – Roma 3:22,25,30; Galacia 2:16; 3:14,26; Efeso 2:8; 3:12,17; Colosas 2:12; II Timoteo 3:15; I Pedro 1:5
2. *ek* – Roma 9:30; 14:23; Galacia 3:8,9,22; 5:5; Santiago 2:24
3. *en* –I Corinto 16:13; II Corinto 13:5; Galacia 2:20; I Timoteo 3:13
4. kapwa *eis* at *ek* ay ginamit sa Roma 1:17

Walang pamantayang parirala ang nagpapahayag ng "nakakapagligtas na pananampalataya."

## NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA (*Pistis* [PANGNGALAN], *Pisteuō,* [PANDIWA], *Pistos* [PANG-URI])

A. Ito'y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21).

B. Ang etimolohiya nito
   1. Ang salitang "pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
   2. Ito'y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga katotohanan), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.

C. Ang pagkagamit nito sa OT

Dapat na pagdiininan na ang pananamapalataya ni Abraham ay <u>hindi</u> sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at suliranin tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang "maniwala" ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng MGA PANG-UKOL
   1. *eis* ay nangangahulugang "sa." ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
      a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
      b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
      c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
      d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
      e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
      f. sa Liwanag (Juan 12:36)
      g. sa Diyos (Juan 14:1)
   2. *en* ay nangangahulugang "nasa" gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
   3. *epi* ay nangangahulugang "sa" or sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
   4. ang DATIBO na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
   5. *hoti,* na ibig sabihin "paniwalaan na," ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
      a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
      b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
      c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
      d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
      e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
      f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
      g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
      h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
      i. Ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
      j. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Roma 6:8)
      k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Tesalonica 4:14)

▣ Ang pangalawang bahagi ng v. 16 ay ipinahayag sa magkasingkahulugang pagkakaagapay, lubhang karaniwan sa Hebreong Karunungang panitikan.

1. a. "ang pangalan ni Hesus"
   b. "ang nagpalakas sa taong ito"
   c. "na inyong nakikita at nakikilala"
2. a. "pananampalataya na dumating sa pamamagitan Niya"
   b. "ang nagbigay sa kanya ng ganap na kalusugan"
   c. "sa harapan ninyong lahat"

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:17-26

**17"At ngayon, mga kapatid, nalalaman ko na inyong ginawa yaon sa di pagkaalam, gaya ng ginawa rin naman ng inyong mga pinuno. 18Datapuwa't ginanap ang mga bagay na ipinagpaunang ibinalita ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng lahat ng mga propeta, na ang kaniyang Kristo ay magbabata. 19Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan, upang kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; 20At upang kaniyang suguin ang Kristo na itinalaga sa inyo, na si Hesus: 21Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit *hanggang* sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una. 22Tunay na sinabi ni Moises, 'ANG PANGINOONG DIOS AY MAGTITINDIG SA INYO NG ISANG PROPETANG GAYA KO MULA SA GITNA NG INYONG MGA KAPATID; SIYA ANG INYONG PAKINGGAN sa lahat ng mga bagay na sa inyo'y sasalitain Niya. 23At mangyayari, na ang bawa't kaluluwa na hindi makinig sa propetang yaon, ay pupuksaing lubos mula sa gitna ng bayan.' 24Oo at ang lahat ng mga propetang mula kay Samuel at ang mga nagsisunod, sa dami ng mga nagsipagsalita, sila naman ay nagsipagsaysay rin tungkol sa mga araw na ito. 25 'Kayo ang mga anak ng mga propeta, at ng kasunduang ginawa ng Diyos sa inyong mga magulang, na sinasabi kay Abraham, AT SA IYONG BINHI AY PAGPAPALAIN ANG LAHAT NG MGA ANGKAN SA LUPA.' 26Sa inyo una-una, nang maitindig na ng Diyos ang kaniyang Lingkod, ay sinugo niya upang kayo'y pagpalain, sa pagtalikod ng bawa't isa *sa inyo* sa inyong mga katampalasanan."**

**3:17 "nalalaman ko na inyong ginawa yaon sa di pagkaalam"** Ito ay nagpapakita ng mga salita ni Hesus mula sa krus (cf. Lucas 23:34). Gayunman, kahit na sa kanilang kawalang-kaalaman (kamangmangan), ang mga tao pa rin ay may espiritwal na pananagutan! Sa ilang kaparaanan, ang paumanhing ito ay isang paraan upang tulungan ang mga tao na tanggapin ang kanilang kapanagutan (cf. 13:27; 17:30; 26:9; I Corinto 2:8). Para sa isang mabuting pagtalakay ng konseptong ito, tingnan si Millard Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed., pp. 583-585.

▣ **"gaya ng ginawa rin naman ng inyong mga pinuno"** Si Lucas ay madalas na gumagawa ng kaibahan sa pagitan ng mga tao at kanilang mga pinuno (cf. Lucas 7:29-30; 23:35; Mga Gawa 13:27; 14:5). Ang tunay na isyu ay sa pagtatangkang gawin ito ay maaaring magkasamang pananagutan ng kapwa mga pangkat. Madalas na ito ay idinidiin na hindi hinahatulan ni Hesus mga Hudyo sa kabuuan, ngunit ang kanilang mga iligal na (i.e., hindi galing kay Aaron) pinuno. Ito ay tiyakang napakahirap malaman kung ang pagsusumpa sa puno ng igos (cf. Marcos 11:12-14,20-24) at ang parabula ng di-matuwid na nangungupahan sa ubasan (cf. Lucas 20:9-18) ay kahatulan sa Judaismo ng unang siglo o sa kanilang mga pinuno lamang. Ito ay kapwa ipinapahayag ni Lucas!

**3:18 "ipinagpaunang ibinalita"** Ang ebanghelyo ay hindi nahuling isipin ng Diyos, ngunit ang Kanyang walang-hanggan, makalayuning plano (cf. Genesis 3:15; Marcos 10:45; Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; Roma 1:2, tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:8). Ang mga naunang mga pangangaral sa Mga Gawa (ang *kerygma*, tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:14) ay ipinapakita si Hesus bilang ang katuparan ng mga pangako at mga propesiya sa OT.

Mayroong maraming aspeto sa *Kerygma* (i.e., ang mga pangunahing teolohikong aspeto ng pangangaral sa Mga Gawa) ay inihahayag sa mga talatang ito.

1. pananampalataya kay Hesus ay kinakailangan
2. ang persona at gawain ni Hesus ay hinulaan ng mga propeta sa OT
3. ang Mesias ay kailangang magdusa
4. sila ay kailangang magsisi
5. si Hesus ay muling darating.

▣ **"ipinagpaunang ibinalita ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng lahat ng mga propeta"** Natupad ni Hesus propesiya ng OT (cf. v. 34, Mateo 5:17-48). Sa gana nang akin, si Hesus mismo ay ipinakita sa dalawa sa daan papuntang Emmaus (cf. Lucas 24:13-35) ang mga propesiya sa OT na tumutukoy sa Kanyang pagdurusa, kamatayan, at muling pagkabuhay. Ibinahagi nila ito sa mga Apostol, na ginawa itong bahagi ng kanilang pangangaral (cf. Lucas 24:45).

▣ **"Kristo"** Ito ay ang Griyegong salin ng Hebreong salita na "Mesias" (tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:31), na nangangahulugang "ang Isang Pinili (Pinahiran). Ito ay tumutukoy sa natatanging kinatawan ng Diyos na ang buhay at kamatayan ay papasinayanan ang bagong panahon ng katuwiran, ang bagong panahon ng Espiritu.

Ang pagpapatunay na si Hesus ay/ ang Kristo/Mesias ipinangako ni YHWH ay naging isang paulit-ulit na paksa ng pangangaral sa mga Gawa.

1. Pedro – 2:31; 3:18; 5:42; 8:5
2. Pablo – 9:22; 17:3; 18:5,28

▣ **"magbabata"** Ito ay isang pagkabanggit sa maraming mga teksto sa OT (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; Zacarias 12:10). Ang aspetong ito ng isang nagdurusang Mesias ay ang nagkapagpagulat sa mga Hudyo (cf. I Corinto 1:23). Inaasahan nila ang isang mananakop na heneral (cf. Pahayag 20:11-16). Ito ay isang paulit-ulit na paksa ng mga pangangaral ng mga Apostol sa Mga Gawa

1. Pablo (cf. Mga Gawa 17:3; 26:23)
2. Pedro (cf. Mga Gawa 3:18; I Pedro 1:10-12; 2:21; 3:18)

**3:19 "mangagsisi at mangagbalik-loob"** Ang Griyegong terminong "magsisi" ay nangangahulugang pagbabago ng isipan. Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS ng *metanoeō*. Ang Hebreong termino para sa pagsisisi nangangahulugang "pagbabago ng pagkilos" ("pagbalik" [*emistrephō*] ay maaaring magpakilala ng Hebreong "pagliko" *shub*, cf. Mga Bilang 30:36; Dueteronomio 30:2,10) sa Septuagint. Ang pagsisisi ay isang kinakailangang pangkasunduang bagay sa kaligtasan kasama ng pananampalataya (cf. Marcos 1:15 at Mga Gawa 3:16,19; 20:21). Madalas itong binabanggit sa Mga Gawa (cf. Pedro – 2:38; 3:19,26 at Pablo – 14:15; 17:30; 20:21; 26:20). Ang pagsisisi ay kailangang kailangan (cf. Lucas 13:3 at II Pedro 3:9). Ito ay basically a willingness to change. Ito ay a both a human volitional act at a gift of Diyos (cf. Mga Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25). Tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:38.

▣ **"mangapawi ang inyong mga kasalanan"** Ang terminong ito ay nangangahulugang "burahin"; "pawiin"; o "alisin" (cf. Colosas 2:14; Pahayag 3:5; 7:17; 21:4). Anong isang pangako! Sa sinaunang mundo, ang tinta ay asido at, samakatuwid, imposibleng matanggal. Ito ay isang tunay na himala ng biyaya ng Diyos (cf. Awit 51:1; 103:11-13; Isaias 1:18; 38:17; 43:25; 44:22; Jeremias 31:34; Mikas 7:19). Kapag ang Diyos ay nagpatawad, ang Diyos ay nililimot na (tinatanggal)!

▣ **"ang mga panahon ng kaginhawahan"** Ang Griyegong termino (*anapsuchō, anapsuxis*) ay karaniwang nangangahulugang "lugar ng paghinga, kaluwagan, ginhawa" (Baker, Arndt, Gingrich, at Danker, *A Greek-English Lexicon*, p. 63), "pinasariwa ng hangin," o "pinagaling ang sugat ng hanggin" (Kittle, *Theological Dictionary of the New Testament*, vol. 9, p. 663). Ang patalinghagang pagpapahaba ay pisikal o espiritwal na kaginhawaan o pagpapanumbalik.

Sa Septuagint ito ay ginagamit na mapabalik ang pisikal na lakas pagkatapos ng labanan (cf. Exodo 23:12; Mga Hukom 15:19; II Samuel 16:14) o emosyonal na kaginhawaan gaya ng sa I Samuel 16:23.

Ang sanggunian ni Pedro ay tila magiging isang pangako sa OT, ngunit ang pariralang ito ay hindi ginamit sa OT. Para sa mga taong naninirahan sa disyerto, ang lawak ay makikilala kasama ang kalayaan at kaligayahan, habang malapit sa mga lawak ay isang tanda ng pagkabahala at kaguluhan. Ang Diyos ay magdadala ng pagpapalawak, pagpapanariwang yugto ng espiritwal na gawain. Ang pang-Mesias na gawaing ito ay dumating sa ebanghelyo. Ang "mga panahon ng pagpapanariwa" ay dumating kay Hesus ng Nazaret. Gayunman, ang darating na kapuspusan ay magdadala ng bagong panahon ng Espiritu. Sa partikular na kontekstong ito, si Pedro ay tumutukoy sa Pangalawang Pagdating. Ang pariralang ito ay tila magiging kaagapay ng "yugto ng pagpapanumbalik" (v. 21). Tingnan ang Natatangging Paksa: Kerygma sa 2:14.

**3:20 "kaniyang suguin si Hesus"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PASAKALI, na nagpapahayag ng isang sangkap ng kawalang katiyakan. Ang mga pagkilos ng mga tagapakinig ni Pedro, sa ilang kaunawaan, ay pinagpasyahan ang panahon ng espiritwal na kalubusan (cf. F. F. Bruce, *Answers to Questions*, kung saan kanyang inuugnay ang Mga Gawa 3:19-21 sa Roma 11:25-27, p. 201).

Ang pagkakahanay ni "Hesus" kasunod sa "ang Kristo/ang Mesias" ay tila upang ipahiwatig na si Pedro ay tiyakang binibigyang-diin ang pagka-Mesias ni Hesus ng Nazaret. Sa huling bahagi ni NT, "Panginoon," "Hesus," at "Kristo" ay makikita nang madalas, na mas higit bilang isang pinagsamang sanggunian kay Hesus (i.e., ang Panginoong Hesukristo) kaysa isang pagbibigay-diin sa titulong Mesias. Ito ay natatanging totoo sa karamihan ng mga Hentil na iglesiya.

▣ **"ang Kristo na itinalaga sa inyo"** Ang PANDIWANG ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang katulad na termino ay ginamit sa paunang pagpili ng Diyos sa 10:41; 22:14; 26:16; ang pagdating at kamatayan ni Hesus ay palagiang walang-hanggang plano ng katubusan ng Diyos (cf. 2:23; 3:18; 4:28; 13:29).

Sa Septuagint ang terminong ito ay nagpapakilala ng pagpili, ngunit walang paunang pagkaalam (i.e., sa Lucas, "pro" ay nangangahulugang bago, cf. Exodo 4:13 at Joshue 3:12), na maliwang sa paggamit ng salitang ito sa Mga Gawa. Ipinahahatid nito na ang pagpapadala kay Hesus ay pagpili ng Diyos sa biyaya at katubusan!

**3:21**
**NASB, NKJV "Na kinakailangang tanggapin ng langit"**
**NRSV "na kailangang manatili sa langit"**
**TEV, NIV "Siya ay kailangang manatili sa langit"**
**NJB "na kailangang ingatan ng langit"**

Ang PAKSA ng pariralang ito ay "langit"; ang LAYON ay "kanino (kung saan)" (i.e., Hesus). Mayroong dalawang MGA MAKADIWA sa pariralang ito. Ang una ay *dei*, mula sa *deō*, na nangangahulugang "ito ay nararapat" o "ito ay wasto." Tingnan ang buong tala sa 1:16.

Ang pangalawa ay isang AORIST NA PANGGITNANG (deponent) PAWATAS ng *dechomai.* Harold K Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised* ay nagsabi na sa konteksto, ito ay nangangahulugang "tanggapin sa loob at panatilihin" (p. 88). Makikita mo kung paaano ang Ingles na mga salin ay kumuha sa kontekstwal na aspeto. Ginagamit ni Lucas terminong ito na mas higit sa iba pang manunulat ng NT (13 beses sa Lucas at 8 beses sa Mga Gawa). Ang mga salita ay kailangang mabigyang-kahulugan sa liwanag ng kontekstwal na pagkagamit at pahiwatig. hindi etimolohiya. Ang mga leksiko (mga tala-huluganan) ay nagbibigay lamang ng paggamit. Hindi sila nagtatakda ng kahulugan!

▣
**NASB "*hanggang*"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV "hanggang sa"**
**NJB "hanggang"**

Ang salitang ito ay nasa Griyegong UBS[4] na teksto. Hindi ko alam kung bakit ang NASB, 1995 na edisyon, ay inilagay ito sa pahilis, na paraan upnag ipakita na ito ay wala sa Griyegong teksto, inilagay upang maunawaan ng mga mambabasa sa.

Sa 1970 ng edisyon ng NASB, ang "ang" ay nasa pahilis at hindi "hanggang," na tama.

▣ **"sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay"** Ito ay tumutukoy sa muling paglalang (cf. Mateo 17:11; at lalo na sa Roma 8:13-23). Ang kasamaan ng paghihimagsik ng tao sa Genesis 3 ay nabaliwala at ang paglalang (nilalang) ay ipinanumbalik; ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ay muling naitatag. Ang panimulang layunin ng paglalang ay sa katapusan sa natupad.

▣ **"na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una"** Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagsimula sa isang sipi mula sa Malakias 3:1. Ang Mateo 1:22-23 ay tumutukoy sa propesiya ng Isaias 7:14. Ginamit ni Lucas ang katulad na parirala sa Lucas 1:70. Ang isang aspeto ng *Kerygma* (i.e., inuulit na teolohikong katotohanan sa mga pangangaral sa Mga Gawa, tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:14) ay ang kapanganakan, buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus ay katuparan ng OT propesiya (cf. Mateo 5:17-19). Ang gawain ni Hesus ay hindi nahuling inisip o Plan B. Ito ay ang pinagpasyahang plano ng Diyos (cf. 2:23; 3:18; 4:28; 13:29, tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:8). Ang lahat ng bagay ay kumikilos sa katuparan sa lubusang pagpapanumbalik ng kalooban ng Diyos para sa nilikha.

**3:22 "Tunay na sinabi ni Moises"** Ang titulong "Ang Propeta" ay ginamit sa darating na Mesias (cf. Dueteronomio 18:14-22; lalo na sa 15,18; Juan 1:21,25). Ang pagtatalang ito kay Hesus mula sa kautusan ni Moises (i.e., ang pinakamakapangyarihang bahagi ng kanon ng OT para sa mga Hudyo, kapwa mga Saduceo at mga Fariseo) ay napakahalaga sa mga tagapakinig na Hudyo. Si Hesus ay palagiang ang plano ng Diyos sa katubusan (i.e., Genesis 3:15). Siya ay dumating upang mamatay (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21).

**3:23** Ito ay isang mabigat na salita ng pagbababala. Ito ay isang pagkabanggit sa Dueteronomio 18:19. Ang pataggi kay Hesus ay, at nagpapatuloy na, isang mabigat, walang-hangang bagay.

Ito ay isang pagkabanggit sa Dueteronomio 18:14-22 ay mayroon ding mga mahahalagang teolohikong kabatiran.

1. Pansining ang kapwa indibidwal at pangkalahatang aspeto. Bawat indibidwal na kaluluwa ay kailangang tumugon nang personal sa Mesias. Hindi sapat na maging bahagi ng isang pangkalahatang katawan ng Israel.
2. Ang pariralang "lubusang pagkawasak" ay isang pagkabanggit sa "banal na digmaan." Pupungusin ng Diyos ang Kanyang sariling ubasan (i.e., Israel, cf. Juan 15; Roma 9-11). Silang tatanggi sa "Propeta" ay tatanggihan ng Diyos. Ang isyu ng kaligtasan ay ang isang pananampalatayang pagtugon sa Mesias ng Diyos. Ang pamilya, angkan, etika, at maiging pagtupad ng mga kautusan ay hindi ang saligan ng bagong kasunduan ng kaligtasan, ngunit pananampalataya kay Kristo (cf. I Juan 5:12).

**3:24 "Samuel"** Sa Hudyong kanon, siya (i.e., I Samuel) ay ipinagpapalagay na isa sa "mga Naunang Propeta," isang bahagi ng pangalawang pangkat ng Hebreong kanon. Si Samuel ay tinawag na isang propeta sa I Samuel 3:20 at gayundin ay isang humuhula (i.e., isa pang termino para sa propeta) sa I Samuel 9:9; I Cronica 29:29.

▣ **"sa mga araw na ito"** Ang "panahon ng pananariwa" (v. 20) at "ang yugto ng pagpapanumbalik ng lahat ng mga bagay"

(v. 21) ay tumutukoy sa kalubusan ng Kaharian ng Diyos at ang pagbalik ni Kristo, ngunit ang pariralang ito ay tumutukoy sa pagpapasinaya ng pang-Mesias na kaharian, na naganap sa pagkakatawang-tao ni Hesus sa Bethlehem o di kaya sa buong yugto ng mga huling araw, na ang panahon sa pagitan ng dalawang pagpapakita ni Kristo sa planetang mundo. Ang OT una sa lahat ay nauunawaan lamang ang pagdating ng Mesias. Ang kanyang unang pagdating bilang isang "Nagdurusang Lingkod" (v. 18) ay nakakataka; ang Kanyang maluwalhating pagdating bilang panghukbong pinuno at hukom ay inaasahan.

**3:25** Si Pedro ay itinuturing ang mga Hudyong ito bilang anak ni Abraham, ang pang-kasunduang bayan. Gayunman, ang mga pang-kasunduan tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi kay Hesus at ang ebanghelyo o sila ay tatangihan (v. 23)!

Ang NT (bagong kasunduan) ay nakatuon sa isang persona, hindi isang panglahing pangkat. Sa mismong panawagan kay Abram mayroong pangkalahatang sangkap (cf. Genesis 12:3). Ang pangkahalatang alok ay dumating kay Kristo at makakamtan ng lahat (i.e., si Lucas ay sumulat, una sa lahat, sa mga Hentil. Ang kanyang Ebanghelyo at Mga Gawa ay ginawa ang paanyayang ito ng paulit-ulit at tiyakan).

▣ **"kasunduan"** Tingnan ang Natatangging Paksa: Ang Kasunduan sa 2:47.

▣ **"AT SA IYONG BINHI AY PAGPAPALAIN ANG LAHAT NG MGA ANGKAN SA LUPA"** Ito ay isang sanggunian sa pangako ng Diyos kay Abraham sa Genesis 12:1-3. Pansinin ang panglahatang sangkap din sa Genesis 22:18. Pinili ng Diyos si Abraham upang pumili ng bayan, upang piliin ang mundo (cf. Exodo 19:5-6; Efeso 2:11-3:13). Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:8.

**3:26 "Sa inyo una-una"** Ang mga Hudyo, dahil sa kanilang pang-Kasunduang pinagmulan, ay may unang pagkakataon na marinig at maunawaan ang mensahe ng ebanghelyo (cf. Roma 1:16; 9:5). Gayunman, kailangang silang tumugon sa katulad na paraan na gaya ng sinuman: pagsisisi, pananampalataya, bautismo, pagsunod, at pagtitiyaga.

▣ **"nang maitindig na ng Dios ang kaniyang Lingkod, ay sinugo niya"** Tingnan ang tala sa 2:24 at 3:13.

▣ **"upang kayo'y pagpalain"** Ito ay kung ano ang nais ng Diyos sa lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 12:3). Gayunman, Ipinadala Niya si Hesus muna sa napahamak na tupa ng angkan ng Israel!

▣ **"sa pagtalikod ng bawa't isa *sa inyo* sa inyong mga katampalasanan"** Ang kaligtasan ay kinapapalooban ng pagbabago ng isipan patungkol sa kasalanan na may kinalalabasang pagbabago ng mga pagkilos at mga pag-uuna. Ang pagbabagong ito ay katibayan ng tunay na pagbabago (kaligtasan)! Ang walang-hanggang buhay ay may mga kapansin-pansing katangian!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang "nagpapatuloy"?
2. Bakit ang panggagamot na ito ay lubhang makapangyarihan?
3. Bakit ang pagpapakasakit ng Mesias ay lubhang nakakabigla sa mga Hudyo?
4. Bakit sinipi ni Lucas ang Genesis 12:3?
5. Ang mga Hudyo ba ay naliligtas nang iba sa mga Hentil?

# MGA GAWA 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS4 | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Sina Pedro at Juan sa harapan ng Konseho | Pagdakip kina Pedro at Juan | Ang Pagdakip at Paglaya nina Pedro at Juan | Sina Pedro at Juan sa harapan ng Konseho | Sina Pedro at Juan sa harapan ni Sanhedrin |
| 4:1-4 | 4:1-4 | 4:1-4 | 4:1-4 | 4:1-4 |
| | Paghahayag sa Sanhedrin | | | |
| 4:5-22 | 4:5-12 | 4:5-12 | 4:5-7 | 4:5-12 |
| | Ipinagbawal ang Pangalan ni Hesus | | 4:8-12 | |
| | 4:13-22 | 4:13-22 | 4:13-17 | 4:13-17 |
| | | | 4:18-22 | 4:18-22 |
| Panalangin ng Mananam-palataya para sa Katapangan | Panalangin para sa Katapangan | | Panalangin ng Mananam-palataya para sa Katapangan | Panalangin ng Apostol sa ilalim ng Pag-uusig |
| 4:23-31 | 4:23-31 | 4:23-31 | 4:23-30 | 4:23-26 |
| | | | | 4:27-31 |
| | | | 4:31 | |
| Ang Lahat ng Bagay ay Karaniwan | Pagbabahagi ng Lahat ng Bagay | Pagbabahagi ng mga Bagay (4:32-5:6) | Ang mga Mananampalataya ay Ibinahagi ang Ari-arian | Ang Sinaunang Kristiyanong Komunidad |
| 4:32-37 | 4:32-37 | 4:32-5:11 | 4:32-35 | 4:32 |
| | | | | 4:33 |
| | | | | 4:34-35 |
| | | | | Ang Kagandahang-loob ni Bernabe |
| | | | 4:36-37 | 4:36-37 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ito ay maliwanag na ang pagbabahagi ng mga talata ay hindi nababagay sa Mga Gawa. Tandaan na, ang mga mga bahagi ng talata, bahagi ng taludtod, pagsulat sa malaking titik, paggawa ng talataan, at pagbabantas, lahat ay hindi orihinal sa Griyegong teksto at, samakatuwid, ay gawa ng mga makabagong komite sa pagsasalin.

B. Ang mga talatang 1-31 ay tumutukoy sa pagpapagaling ng isang pilay sa kabanata 3 at ang mga kahihinatnan nito.

C. Ang mga talatang 32-37 ay kasama ng kabanata 5:1-11.

D. Ang mga suliranin ng sinaunang iglesiya ay nagpatuloy at yumabong, ngunit gayundin ang biyaya at kapangyarihan ng Espiritu.

E. Sa pagtalakay ng pang pagbibigay-diin ni Lucas sa mapagmahal, mapagbigay sa katangian ng sinaumang iglesiya sa Herusalem, ang mga makabagong tagapagpaliwanag ay kailangang magbantay laban sa isang "kapitalistikong" pagkiling. Tila si Lucas ay nagpapahayag ng kusang pagtutulungan. Mga Gawa ay hindi maitataguyod ang komunismo o kapitalismo dahil hindi pa ito kilala sa panahong iyon. Ang teksto ay kailangang maipaliwanag sa liwanag ng kanyang kapanahunan, ang layunin ng may-akda, at ang mundo ng kanyang tagapakinig.

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1-4

**1 At nang sila'y nangagsasalita pa sa bayan, ay nagsilapit sa kanila ang mga saserdote, at ang puno sa templo, at ang mga Saduceo, 2 Palibhasa'y totoong nangabagabag sapagka't tinuruan nila ang bayan, at ibinalita sa pangalan ni Hesus ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. 3 At sila'y kanilang sinunggaban at kanilang ibinilanggo hanggang sa kinabukasan: sapagka't noon nga'y gabi na. 4 Datapuwa't marami sa nangakarinig ng salita ay nagsisampalataya; at ang bilang ng mga lalake ay umabot sa mga limang libo.**

**4:1 "ang mga saserdote"** Ito ay ang salitang ginamit sa sinaunang ansyanong Griyegong mga kasulatan א, A, D, at E, ngunit ang MS C ay may "mga punong saserdote" (*archiereis*). Ang UBS[4] ay pinagkakalooban ang salitang "mga saserdote" ng B na antas (halos tiyak). Ang konteksto ng kabanata 4 ay nagpapakita na pagsalungat ay hindi nanggaling sa mga Punong Saserdote (cf. v. 6).

Sa OT ang tribo ni Levi (i.e., tribo ni Moises at Aaron) ay pinili upang maglingkod kay YHWH sa halip na ang "panganay" (cf. Exodus 13). Sa loob ng tribong ito, may mga tiyak na pamilya na naglilingkod bilang

1. lokal na mga guro ng Kautusan
2. mga lingkod sa templo
3. mga saserdote na nangunguna sa Templo, natatanging kabilang sa mga tuntuning paghahandog (cf. Levitico 1-7)

Ang natatanging pamilya mula sa Punong Saserdote ay kailangang manggaling sa pamilya nina Moises at Aaron. Ang buong tribo ay hindi tumanggap ng ipinamahaging lupain na gayan ng ibang mga tribo ni Jacob/Israel. May mga partikular na mga lungsod na bahagyang ipinagkaloob sa kanila (i.e., 48 Leviticong mga lungsod, cf. Josue 20). Ang mga Leviticong pamilya ay nakaasa sa ibang mga tribo upang itaguyod sila sa pamamagitan ng ikapu ng Templo at ang ikatlong taon na lokal na ikapu.

Ang lahat ng ito ay nagbago nang masakop ng Roma ang Palestina. Ang tanggapan ng Punong Saserdote ay binili mula sa Roma. Hindi na ito isang OT espiritwal na tanggapan, ngunit isang pangkalakalan, pampulitikang kapangyarihang tanggapan.

Ang kasalukuyang Punong Saserdote ay si Caifas (cf. Mateo 26:3; Lucas 3:2; Juan 18), ngunit ang tunay na kapangyarihan sa likod ng tanggapan ay ang dating Punong Saserdoteng si Annas (cf. Lucas 3:2; Juan 18:13,24; Mga Gawa 4:6). Ang pamilyang ito ay kabilang sa sektang Sadduceano ng Judaismo.

▣ **"ang puno sa templo"** Ito ay isang natatanging Leviticong tanggapan na pangalawa sa kapangyarihan ng Punong Saserdote (cf. Josephus, *Wars* 6.5.3). Siya ay may kontrol sa mga bantay (pulis) ng templo (cf. I Cronica 9:11; Nehemias 11:11; Lucas 22:4,52; Mga Gawa 5:24,26). Sa Hebreo siya ay tinatawag na "ang tao ng kabundukan ng bahay."

▣ **"mga Saduceo"** Sila ay mayayamang, pampulitikang mga pinuno ng Sanhedrin.

## NATATANGING PAKSA: MGA SADUCEO

I. Pinagmula ng Pangkat
  A. Karamiha ng mga iskolar ay naniniwalang ang pangalan ay nagmula kay Zadok, isa sa mga punong saserdote ni David (cf. II Samuel 8:17; 15:24). Kinalaunan, pinatapon ni Solomon si Abiathar sa pagtataguyod ng paghihimagsik ni Adonijah (cf. I Mga Hari 2:26-27) at kinilala si Zadok bilang ang tanging Punong Saserdote (cf. I Mga Hari 2:35). Pagkatapos ng pagkakatapos sa Babilonya ang linyang ito ng mga saserdote ay muling naitatag kay Josue (cf. Haggai 1:1). Ang Leviticong pamilyang ito ay pinili upang pamahalaan ang templo. Nang lumaon, silang nasa pangsaserdoteng tradisyong ito at kanilang tagataguyod ay tinawag na mga Zadokenyo o o mga Saduceo.
  B. Isang ika-9 na siglo A.D. na rabinikong tradisyon (*Aboth* ng Rabbi Nathan) ay nagsabing si Zadok ay alagad ni Antigono ng Sokho (ika-2 siglo B.C.), si Zadok ay mali ang pagkakaintindi ng isang kilalang kasabihan ng kanyang guro na kinapapalooban ng "mga gatimpala sa kabilang buhay" at pinaunlad ang isang teolohiya na itinatanggi ang isang buhay pagkatapos at samakatuwid ay itinatanggi ang muling pagkabuhay ng katawan.
  C. Nanglumaon sa loob ng Judaismo, ang Saduceo ay nakilala kasama ng Boethusiano. Si Boetho ay isa ring alagad ni Antigono ng Sokho. Pinaunlad niya ang teolohiya katulad kay Zadok, itinatanggi din ang buhay pagkatapos.
  D. Ang pangalang Saduceo ay hindi lumitaw hanggang sa mga araw ni Juan Hyrcanus (135-104 B.C.), na sinipi ni Josephus (cf. *Antiquities* 13:10:5-6). Sa *Antiquities* 13:5:9 sinabi ni Josephus na mayroong "tatlong paaralan ng kaisipan," mga Fariseo, mga Saduceo, at mga Esseno.
  E. May isang katunggaling teoriya na dumating sa panahon ng pagtatangka ng mga pinuno ng Selucid na gawing Griyego ang saserdote sa ilalim ni Antiochus IV Epiphanes (175-163 B.C.). Sa panahon ng pag-aalsa ng Maccabeo, bagong pagkasaserdote ang sinimulan ni Simon Maccabeo (142-135 B.C.) at kanyang mga kaanak (cf. I Macc. 14:41). Ang bagong Hasmoneong punong saserdote ay tila ang simula ng aristokratikong Saduceo. Ang Fariseo ay umunlad sa panahong ito mula sa Hasidim (i.e., "isang inihiwalay," cf. I Macc. 2:42; 7:5-23).
  F. Mayroong makabagong teoriya (i.e., T. W. Manson), na ang Sadduceo ay isang salin ng Griyegong terminong *sundikoi*. Ang termino ay tumutukoy sa lokal na awtoridad na nakikipag-ugnaya sa Romanong pamunuan. Maaaring ipaliwanag nito kung bakit ang ilang mga Saduceo ay hindi aristokratikong saserdote, ngunit miyembro ng Sanhedrin.

II. Mga natatanging paniniwala
  A. Sila ay mga bahagi ng saserdoteng konserbatibo ng mga sekta ng pamumuhay ng Hudyo sa panahon ng Hasmoneo at Romanong yugo.
  B. Sila ay may natatanging malasakit sa mga paraan, protokol, mga ritwal at liturhiya.
  C. Pinanghahawakan ni ang nakasulat na Torah (i.e., Genesis – Deuteronomio) bilang may awtoridad, ngunit tinatanggi ang mga Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud).
  D. Sila, samakatuwid, ay itinatanggi ang tinatangkilik na pinaunlad ng mga doktrina ng mga Fariseo
    1. ang muling pagkabuhay ng katawan (cf. Mateo 22:23; Marcos. 12:18; Lucas 20:27; Mga Gawa 4:1-2; 23:8)
    2. ang kawalang-hangan ng kaluluwa (cf. *Antiquities* 18.1.3-4; *Wars* 2.8.14)
    3. ang pagkakaroon ng isang detalyadong ranggo ng mga anghel (cf. Mga Gawa 23:8)
    4. kanilang tinitingnan ang "mata-para sa-isang-mata" (i.e., *lex talionis*) na literal at tinataguyod ang pisikal na kaparusahan at parusang kamatayan (sa halip na pagbabayad ng salapi)
  E. Ang iba pang bahagi ng teolohikong tunggalian ay pagtatalaga (predestinasyon) laban sa malayang pagpili. Sa tatlong pangkat na nabanggit ni Josephus
    1. ang mga Esseno pinaninindigan ang isang uri ng determinismo
    2. ang mga Saduceo ay inilagay ang diin sa malayang pagpili ng tao (cf. *Antiquities* 13.5.9; *Wars* 2.8.14)
    3. ang mga Fariseo ay tinatanganan ang isang balanseng pagkiling sa pagitan ng ibang dalawa
  F. Sa isang kaunawaan ng tunggalian sa pagitan ng dalawang pangkat (i.e., mga Saduceo - mga Fariseo) ay sumasalamin sa pag-iigting sa pagitan ng mga saserdote at mga propeta sa OT.

     Isa pang pag-iigting ang lumitaw mula sa katotohanan na mga Saduceo kumakatawan sa sosyal at humantong na edukado. Sila ay mga aristokrato (cf. Josephus' *Antiquities* 13.10.6; 18.1.4-5; 20.9.1), habang ang mga Fariseo at mga eskriba mga iskolar at relihiyoso sa mga tao ng lupa. Ang pag-iigting ay maaaring maitangi sa templo sa Herusalem laban sa ang lokal na sinagoga sa bawat dako ng lupain.

     Ang isa pang pang-iigting ay maaaring kumatawan sa pagtanggi ng Saduceo sa impluwensya ng Zoroastrianismo sa Fariseong teolohiya. Halimbawa: isang lubhang maunlad na angelolohiya, isang dualismo sa pagitan ni YHWH at Satanas at isang detalyadong pananaw sa buhay pagkatapos, sa mga terminong makinang na pisikal. Ang mga kalabisang ito ng mgs Esseno at mga Fariseo ay nagdulot ng reaksyon sa mga Saduceo. Sila ay bumalik sa konserbatibong posisyon na Moises-lamang na teolohiya sa isang pagtatangka na hadlangan ang mga haka-haka ng ibang mga pang-hudyong pangkat.

III. Pinanggalingan ng Impormasyon
  A. Si Josephus ay ang pangunahing pinanggagalingan ng impormasyon patungkol sa mga Saduceo. Siya ay may kinikilingan kapwa sa kanyang pangako sa Fariseo at kanyang kapakanan sa pagpapakita ng isang positibong

larawan pamumuhay Hudyo sa mga Romano.

B. Ang iba pinanggalingan ng impormasyon ay ang rabinikong panitikan. Gayunman, dito rin, isang malakas na pagkatig ay nakikita. Ang mga Saduceo ay itinatanggi ang kahalagahan at awtoridad ng Pasalitang (Oral) Tradisyon ng mga Matatanda (i.e., ang Talmud). Ang mga sulat ng Fariseo ay maliwanag na naglalarawan ng kanilang katunggali sa pasalungat, maaaring kalabisang (i.e., straw man, mga taktika) paraan.

C. Walang kilalang mga kasulatan ng mga Saduceo mismo ang nailigtas. Sa pagkawask ng Herusalem at ng Templo noong A.D. 70 lahat ng dokument at impluwensiya ng piling saserdote ay nasira. Ninanais nilang panatilihing ang kapayapaan sa rehiyon at ang tanging paraan na gawin iyan noong unang siglo ay makipagtulungan sa Roma (cf. Juan 11:48-50).

**4:2**
**NASB, NKJV "palibhasa'y totoong nangabagabag"**
**NRSV "lubhang nayamot"**
**TEV "ay nayamot"**
**NJB "sukdulang nayamot"**

Ang di-karaniwang Griyegong terminong ito (dito ay PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent] PANDIWARI) ay nangangahulugang "magtrabaho nang maigi sa isang bagay." Ito ay matatagpuan pa sa isang lugar sa Mga Gawa (16:18). Ito ay hindi natagpuan sa Septuagint, o sa Koine papyri mula sa Egypt.

Ang Sadduceanong pamumuho ay nababalisa dahil ang mga Kristiyanong pinuno ay nagtuturo sa karamihan ng tao sa Templo sa pangalan ni Hesus at ipinapangaral ang Kanyang muling pagkabuhay (na itinatanggi ng mga Sadduceo, gayundin ang teolohikong konsepto ng muling pagkabuhay sa pangkalahatan). Ito ay maaari ring mula sa titik ng v. 2 na ang mga Apostol ay hindi lamang pinaninindigan ang muling pagkabuhay ni Hesus, ngunit ang buong implikasyon ng muling pagkabuhay ng lahat ng mga mananampalataya (cf. I Corinto 15).

**4:3 "sila"** Sa v. 2 ang nauuna ay sina Pedro, Juan, at maaaring ang pinagaling na pilay. In v. 3 ang nauuna ay ang mga saserdote at bantay ng templo.

▣ **"ay kanilang sinunggaban"** Ang Griyegong PANDIWANG ito ay may malawak ng semantikong larangan, ungit si Lucas ay kadalasang ginagamit ito sa kaunawaan ng pagdakip (cf. Lucas 20:19; 21:12; Mga Gawa 5:18; 12:1; 21:27).

▣ **"hanggang sa kinabukasan"** Ang pang-Hudyong kautusan ay ipinagbabawal ang isang paglilitis na gawin ng hating-gabi. Ang mga pinunong ito ay nagnanais na ang pangangaral/katuruang ito ay mahinto at mahinto nang agaran. Kaya ikinulong sila ng magdamag sa isang lugar sa Templo, na naiiba sa isang pampublikong kulungan (cf. 5:18).

**4:4 "marami sa nangakarinig ng salita. . . nagsisampalataya"** Kapwa ang MGA MAKADIWA ay AORIST NA PANAHUNAN. Ang pananampalataya ay nagsisimula sa pakikinig (cf. Roma 10:17). Ang pakikinig ng ebanghelyo ay magbubunga (sa tulong ng Espiritu , cf. Juan 6:44,65; 16:8-11) sa pananampalataya sa ebanghelyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panahunan ng mga Griyegong Pandiwa na Ginamit para sa Kaligtasan sa 2:40.

▣ **"ang bilang ng mga lalake ay umabot sa mga limang libo"** Pansinin na ang bilang na ito ay hindi isinama ang mga babae at mga bata. Kadalasan sa NT ito ay nagpapahiwatig na ang paniniwala ng ama ay maipapaabot at nagsasama ng buong pamilya (cf 11:14; 16:15,31,33). Ang pangkat sa itaas na silid ay nabilang na halos 120. Sa Pentecostes, 3,000 ang naidagdag (cf. 2:41); ngayon ang bilang ng mananampalataya ay halos 5,000! Ang iglesiya sa Herusalem ay mabilis na lumalago!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:5-12

**[5]At nangyari nang kinabukasan, na nangagkatipon sa Herusalem ang kanilang mga pinuno at mga matanda at mga eskriba; [6]At si Anas, na dakilang saserdote, at si Caifas, at si Juan, at si Alejandro, at ang lahat ng kalipian ng dakilang saserdote. [7] At nang kanilang mailagay na sila sa gitna nila, ay sila'y tinanong, "Sa anong kapangyarihan, o sa anong pangalan ginawa ninyo ito?" [8]Nang magkagayo'y si Pedro, na puspos ng Banal na Espiritu, ay nagsabi sa kanila, "Kayong mga pinuno sa bayan, at matatanda [9]Kung kami sa araw na ito'y sinisiyasat tungkol sa mabuting gawa na ginawa sa isang taong may-sakit, na kung sa anong paraan gumaling ito; [10]Talastasin ninyong lahat, at ng buong bayan ng Israel, na sa *pangalan* ni Hesukristo ng taga Nazaret, na inyong ipinako sa krus, na binuhay ng Diyos na maguli sa mga patay, dahil sa kaniya ay nakatindig ang taong ito sa inyong harap na walang sakit. [11]Siya ANG BATO NA ITINAKUWIL ninyong MGA NAGTAYO NG BAHAY, *na* NAGING PANGULO SA PANULOK. [12]At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas."**

**4:5 "ang kanilang mga pinuno at mga matanda at mga eskriba"** Ang Sanhedrin (i.e., ang Konseho, 5:21, mula sa lugar ng Herusalem; ang Konseho ng mga matatanda, 22:5) ay binubuo ng pitumpung Hudyong pinuno. Ito ay ang pinakamataas

na pampulitika/ pangrelihiyong kinatawan (na pinahihintulutan ng Roma) sa loob ng Judaismo sa panahon ni Hesus. Ang konsepto ay sinimulan (i.e., tradisyong pang-Hudyo) ni Ezra at ang "mga lalaki ng Dakilang Sinagoga." Ito ay kadalasang nakikilala sa NT sa parilalang, "ang mga eskriba, mga matatanda at punong saserdote" (cf. Lucas 23:13; Mga Gawa 3:17; 4:5,8; 13:27). Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG SANHEDRIN

I. Mga Pinanggalingan ng Impormasyon
   A. Ang Bagong Tipan mismo
   B. Flavius Josephus' *Antiquities of the Jews*
   C. Ang seksyon ng Mishnah saTalmud (i.e., Tractate "Sanhedrin")
      Sa kasamaang palad ang NT at si Josephus ay hindi nagkasundo sa rabinikal na mga kasulatan, na tila nagpipilit ng dalawang Sanhedrins sa Herusalem, ang isa ay pangsaserdote (i.e., Sadducean), na kinokontrol ng Punong Saserdote at nakikitungo sa pangsibil at kriminal katarungan at ang ikalawa ay kontrolado ng mga Fariseo at eskriba, na umaalala sa relihiyon at tradisyunal na usapin. Gayunman ang mga rabinikal ng mga kasulatan, na may petsa ng mula sa A.D. 200 ay nagpapakita ng kultural na sitwasyon pagkatapos ng pagbagsak ng Herusalem sa mga Romanong heneral, Tito, noong A.D. 70. Ang mga Hudyo ay muling itinatag ang kanilang relihiyong pamumuhay sa bayan na tinawag na Jamnia at sa kalaunay (i.e., A.D. 118) inilipat sa Galilea.

II. Terminolohiya
   Ang suliranin sa pagkilala sa panghukumang kinatawan ay nagsasangkot ng ibang pangalan kung saan ito kilala. Mayroong ilang mga salita ang ginamit upang ilarawan ang panghukumang kinatawan na nasa komunidad ng mga Hudyo sa Herusalem.
   A. *Gerousia* – "senado" o "konseho." Ito ang pinakamatandang salitaino na ginamit sa bandang huling panahon ng Persia (cf.Josephus' *Antiquities* 12.3.3 and *II Maccabees* 11:27). Ito ay ginamit ni Lucas sa Gawa 5:21 kasabay ng "Sanhedrin." Ito marahil ang paraan upang ipaliwanag ang salitang Griyego sa mga nagsasalitang mga mambabasa (cf. *I Macc*. 12:35).
   B. *Synedrion* – "Sanhedrin." Ito ay tambalang mula sa syn (kasama ng) at hedra (upuan). Nakakabiglang ang salitang ito ay ginamit sa Aramaic, ngunit ito ay nagpapakita ng Griyegong salita. Sa pagatatapos ng panahon ng Maccabean ito ay naging tinanggap na salita upang ilagay ang mataas na hukuman ng mga Hudyo sa Herusalem (cf. Mateo 26:59; Marcos 15:1; Lucas 22:66; Juan11:47; Gawa 5:27). Ang suliranin ay dumating ngang kaparehong salitang ay ginamit sa lokal na panghukumang konseho sa labas (cf. Mateo 5:22; 10:17).
   C. *Presbyterion* – "konseho ng mga nakatatanda" (cf. Lucas 22:66). Ito ay isang OT na pagatatalaga para sa pinuno ng mga tribu. Gaynman, ito ay naging pantukoy sa mataas na hukuman sa Herusalem (cf. Gawa 22:5).
   D. *Boul*s – Ang salitang "konseho" ay ginamit ni Josephus (i.e., *Wars* 2.16.2; 5.4.2, ngunit hindi ang NT) upang ilarwan ang ilang panghukumang mga kinatawan: (1) ang Senado sa Roma; (2) mga lokal Romanong hukuman; (3) ang pangHudyong mataas na hukuman sa Herusalem; at (4) lokal na pangHudyo na mga hukuman. Si Joseph ng Arimathea ay inilarawan bilang isang kawani ng Sanhedrin ayon sa hubog ng salitang ito (i.e., *bouleutēs,* na ang ibig sabihin ay "tagapayo," cf. Marcos 15:43; Lucas 23:50).

III. Pangkasaysayang Pagbabago
   Sinasabing si Ezra ang nagpasimula sa pagpapatayo ng Dakilang Sinagoga (cf. Targum on Song of Songs 6:1) noong panahon ng pagkatapos ng paglilisan , na siya marahil na naging Sanhedrin sa panahon ni Hesus.
   A. Ang Mishnah (i.e., Talmud) ay nagtala na mayroong pangunahing hukuman sa Herusalem (cf. Sanh. 7:1).
      1. Ang isa ay binubuo ng 70 (o 71) mga kasapi (*Sand.* 1:6 ay nagsabi din na si Moses ang nagpatayo ng unang Sanhedrin sa Bilang 11, cf. Bilang 11:16-25).
      2. Ang isa ay binubuo ng 23 mga kasapi (ngunit ito ay maaring tumutukoy sa lokal na mga hukuman sa sinagoga).
      3. Ang mga iskolar ng Hudyo ay naniniwala na mayroong tatlong 23-mga kasapi na Sanhedrins ang nasa Herusalem. Kapag ang tatlo ang nagsasama sila ay, kasama ng dalawang pinuno, nagbubuo ito ng " ang Dakilang Sinagoga" ng 71 mga kasapi (i.e., *Nasi* at *Av Bet Din)*.
         a. ang isa ay pangsaserdote (i.e., Sadduceo)
         b. ang isa ay legal (i.e., Fariseo)
         c. ang isa ay aristokratiko (i.e.,nakatatanda)
   B. Sa panahon ng pagkatapos ng paglisan, ang mga bumabalik na mga binhi ni David ay si Zerubbabel at ang mga bumabalik na binhi ni Aaronic ay si Josue. Pagkatapos ng kamatayan ni Zerubbabel, walang binhi ni David ang nagpatuloy, kaya't ang panghukumang mantel ay naipasa ng ekslusibo sa mga saserdote (cf. I

*Macc*. 12:6) at mga lokal na nakatatanda (cf. Nehemiah 2:16; 5:7).

C. Ang pangsaserdoteng bahagi sa panghukumang desisyon ay isinulat ni Diodorus 40:3:4-5 sa panahon ng Hellenistik.

D. Ang pangsaserdoteng bahagi sa gobyerno ay nagpatuloy sa panahon ng Selucid . Si Josephus ay sinipi si Antiochus "ang Dakila" III (223-187 B.C.) sa *Antiquities* 12.138-142.

E. Ang pangsaserdoteng kapangyarihang ito ay nagpatuloy sa panahon ng Maccabean ayon kay Josephus' Antiquities 13.10.5-6; 13.15.5.

F. Sa panahon ng mga Romano ang gobernor ng Syria (i.e., Gabinius mula sa 57-55 B.C.) ay nagtatag ng limang pangrehiyong mga "Sanhedrins" (cf. Josephus' *Antiquities* 14.5.4; and *Wars* 1.8.5), ngunit sa kalaunay pinawalang bisa ito ng Roma (i.e., 47 B.C.).

G. Ang Sanhedrin ay may politkal na konprontasyon kay Herodes (i.e., *Antiquities* 14.9.3-5) na siyang, noong 37 B.C., ay nagpupumiglas at may pinakamaraming pinatay na mataas na hukuman (cf. Josephus' *Antiquities* 14.9.4; 15.1.2).

H. Sa ilalim ng Romanong prokurator (i.e., A.D. 6-66) Si Josephus ay nagkwento sa atin (cf. *Antiquities* 20.200,251) na ang Sanhedrin ay muling nagkamit ng malawal kapangyarihan at impluwensya (cf. Marcos 14:55). Mayroong tatlong paglilitis na naitala sa NT na kung saan ay ang Sanhedrin, sa ilalim ng pamumuno ng pamilya ng Punong Saserdote, ay nagsagawa ng pahuhukom.
   1. Ang paglilitis ni Hesus (cf. Marcos 14:53-15:1; Juan18:12-23,28-32)
   2. Si Pedro at si Juan (cf. Gawa 4:3-6)
   3. Pablo (cf. Gawa 22:25-30)

I. Nang ang mga Hudyo ay nag-aklas noong A.D. 66, ang mga Romano ay dagliang sinira ang pamayanan ng mga Hudyo at Herusalem noong A.D. 70. Ang Sanhedrin ay permanenteng nawala, bagamat ang mga Fariseo sa Jamnia ay sinubukan na dalhin ang mataas na panghukumang kote (i.e *Beth Din)* pabalik sa pangHudyo relihiyosong (ngunit hindi ang pangsibil o politikal) buhay.

IV. Pagiging Kasapi

A. Ang unang biblikal na pagbanggit sa mataas na hukuman sa Herusalem ay sa II Cronika 19:8-11. Ito ay binubuo ng mga (1) Levites; (2) saserdote; at (3) mga ulo ng bawat pamilya (i.e., mga nakatatanda, cf. I Macc. 14:20; II Macc. 4:44).

B. Sa panahon ng Maccabean ito ay dinodomina ng mga (1) saserdoteng pamilya ng mga Sadducean at (2) lokal na aristokratiko (cf. I Macc.7:33; 11:23; 14:28). Sa kalaunay sa panahong ito ang mga "eskriba" (mga mambabatas sa Mosaik, madalas ay mga Fariseo) ay idinagdag, ng asawa ni Alejandro Jannaeus na si Salome (76-67 B.C.). Sinabi pa na ginawa niyang mga dominanteng grupo ang mga Fariseo (cf. Josephus' *Wars of the Jews* 1.5.2).

C. Sa panahon ni Hesus ang hukuman ay binubuo ng
   1. mga pamilya ng Punong Saserdote
   2. lokal na kalalakihan galing sa mayayamang pamilya
   3. mga eskriba (cf. Lucas 19:47)

V. Pinagkonsultahan ng mga Pinagmulan

A. *Dictionary of Jesus and the Gospels,* IVP, pp. 728-732

B. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, tomo 5, pp. 268-273

C. *The New Schaff-Herzog Encyclopedia of Religious Knowledge*, tomo 10, pp. 203-204

D. *The Interpreter's Dictionary of the Bible,* tomo 4, pp. 214-218

E. *Encyclopedia Judaica*, tomo 14, pp. 836-839

**4:6 "Annas"** Ang kanyang pangalan sa Griyego ay Hannas; tinatawag siya ni Josephus na Hannanos (Jonathan). Ang pangalan ay tila galing sa Hebreong "nahabagin" o "mapagbiyaya" (*hānān*, BDB 336).

Sa OT ang punong saserdote ay panghabang-buhay at mananatili sa liniya Aaron. Gayunman, ang mga Romano ay ginawa itong tanggapan ng isang pampulitikang pabigat, na binili ng isang Leviticong pamilya. Ang punong saserdote ay ang may kontro at nagpapatakbo ng kalakalan sa Hukuman ng mga Babae. Ang paglilinis ni Hesus ng Templo ay nakapagpagalit sa pamilyang ito.

Sang-ayon kay Flavius Josephus, si Annas ay ang Punong Saserdote mula A.D. 6-14. Siya ay tinalaga ni Quirinio, gobernador ng Syria at tinanggal ni Valerius Gratus. Ang kanyang mga kamag-anak (5 anak at 1 apo) ang pumalit sa kanya. Si Caifas (A.D. 18-36), na kanyang manugang (cf. Juan 18:13), ay kanyang kagyat na kahalili. Si Annas ang tunay na kapangyarihan sa likod ng tanggapan. Inilarawan siya ni Juan na unang tao na pinagdalhan kay Hesus (cf. 18:13,19-22).

▣ **"Caifas"** Siya ang itinalagang punong saserdote ni Valerius Gratus, prokurador ng Judea (cf. MSD, *'Iōnathas,* cf. NEB, NJB) mula A.D. 18-36.

▣ **"Juan"** Ito ay maaaring tumukoy kay "Jonathan," na sinasabi ni Josephus sa atin na isa rin sa mga anak ni Annas na

naging Punong Saserdote noong A.D. 36 pagkatapos ni Caifas. Gayunman, ang UBS[4] ay may *'Iōannēs* (i.e., Juan) bilang isang A na antas (tiyak); kahit na ang REB ay bumabalik sa "Juan."

▣ **"Alejandro"** Walang pagkakilanlan patungkol sa taong ito, ngunit siya, tulad ni Juan, ay maaaring isang miyembro ng pamilya ni Annas' pamilya o isang nangungunang miyembro ng Sadduceong pangkat.

**4:7 "nang kanilang mailagay na sila sa gitna nila"** Ang mga miyembro ng Sanhedrin ay nakaupo sa kalahating bilog sa isang itinaas na entablado.

▣ **"sila'y *nagsimulang* tinanong"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN, na nangangahulugang alinman sa (1) nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas o (2) ang pagsisimula ng isang pagkilos.

▣ **"Sa anong kapangyarihan, o sa anong pangalan"** Kanilang pinapahiwatig na pagpapagaling ay ginawa sa pamamagitan ng mahikong kapangyarihan (cf. 19:13). Sinubukan nila ang katulad paglinlang kay Hesus (cf. Lucas 11:14-26; Marcos 3:20-30). Hindi nila maitatanggi ang mga himala kaya sila ay nagtangkang tuligsain ang pamamaraan o pinagmulan ng kapangyarihan.

**4:8 "na puspos ng Banal na Espiritu"** Ang Espiritu ay ang pinanggagalingan ng karunungan at katapangan para sa mga Apostol (cf. Lucas 12:11-12; 21:12-15). Tandaang ito ang mismong taon na sa ilang araw lamang ang nakakaraan ay itinanggi ang Panginoon dahil sa takot (cf. 4:13). Pansinin na si Pedro ay "puspos" (cf. 2:4; 4:8,31). Ipinapakita na ito ay isang nauulit na karanasan (cf. Efeso 5:18). Tingnan ang buong tala sa 5:17.

**4:9 "kung"** Ito ay UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na totoo para sa layunin ng may-akda.

▣ **"kung kami sa araw na ito'y sinisiyasat"** Ang Griyegong terminong ito sa literal ay nangangahulugang "sinusuri ng isang hukuman" (cf. 12:19; 24:8; 28:18; Lucas 23:14). Ito ay ginamit ng mga Hudyong taga-Berea sa pagsisiyasat ng mga Kasulatan upang tingnan kung Pablo ay wastong ipinapaliwanag ito (cf. 17:11).

▣ **"tungkol sa mabuting gawa na ginawa sa isang taong may-sakit"** Si Pedro ay naninindigan sa kawalang kaangkupan ng opisyal na paglilitis na ito sa isang salungat sa kapaligiran patungkol sa isang kahanga-hangang himala ng pagpapagaling at kahabagan. Sa halip, sila ay dapat nagpupuri sa Diyos!

▣ **"gumaling ito"** Ito ay GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, nangangahulugan ng ganap na kalusugan at pagpapanumbalik ng kanyang mga paa.

**4:10 "Talastasin ninyong lahat, at ng buong bayan ng Israel"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PAUTOS. Ang Espiritu ay pinalakas ang loob ni Pedro. Siya ay hindi natatakot sa panghukumang kalagayan. Ang mga pinunong ito ay hindi maaaring itago si Kristo sa libingan at hindi nila maitatanggi na gumaling ang taong nakatayo sa kanilang harapan!

▣ **"sa pangalan ni Hesukristo ng taga Nazaret"** Pinulot in Pedro ang kanilang tanong at sumagot ng tiyakan kung papaano nangyari ang himala. Tingnan ang Natatanging Paksa: Hesus and Nazareno sa 2:22.

▣ **"na inyong ipinako sa krus"** Ito ay ang maliwanag na katotohanan. Sila ang nagsulsol sa Kanyang kamatayan. Pansining "na inyo" sa v. 11, na nagpapatibay ng kanilang kasalanan.

▣ **"na binuhay ng Dios na maguli"** Ang NT ay naninindigan na ang lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus:

1. Espiritu, Roma 8:11
2. Hesus, Juan 2:19-22; 10:17-18
3. Ama, Mga Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9

Ito ay nagpapatunay ng katotohanan ng buhay at mga katuruan ni Hesus patungkol sa Diyos at gayundin ang lubusang pagtanggap ng Ama sa panghaliling kamatayan ni Hesus. Ito ang pangunahing aspeto ng *Kerygma* (i.e., mga pangangaral sa Mga Gawa, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14).

▣ **"nakatindig ang taong ito"** Ito ay paglalaro ng salita ng "tumindig." Ang pilay ay tumayo at tumayo sa harapan nila.

**4:11** Ito ay isang sipi mula sa Awit 118:22, ngunit hindi sa Masoretikong teksto o Septuagint (cf. Efeso 2:20; I Pedro 2:4ff). Ginamit ito ni Hesus sa Kanyang sarili sa Marcos 12:10 at Lucas 20:17, na kinuha sa Septuagint. Ipinapakita nito ang katuparan ng OT propesiya ng tinanggihang Mesias na naging sa pusod ng eternal na plano ng katubusan ng Diyos (tingnan

ang Natatanging Paksa sa 1:8) sa Israel at mundo. Ito ay nakakagulat na pahayag para sa pinunong Hudyo (cf. I Timoteo 2:5).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang naging pangulo sa panulok *na bato*"** |
| **NKJV** | **"ang punong panulukang bato"** |
| **NRSV, NJB** | **"ang panulukang-bato"** |
| **TEV** | **"bato. . .ang pinakamahalaga sa lahat"** |

## NATATANGING PAKSA: SANDIGANG BATO

I. Mga Pagkakagamit sa OT
   A. Ang konsepto ng isang bato bilang isang matigas at matibay na bagay na nakagagawa ng isang mabuting saligan (pundasyon) ay ginamit upang ilarawan si YHWH (cf. Awit 18:2).
   B. Ito ay yumabong sa isang titulo ng Mesias (cf. Genesis 49:24; Awit 118:22; Isaias 28:16).
   C. Ito ay dumating upang katawanin ang isang kahatulan mula kay YHWH sa pamamagitan ng Mesias (cf. Isaias 8:14; Daniel 2:34-35,44-45).
   D. Ito ay yumabong sa isang talinghagang panggusali.
      1. Isang saligang bato, ang unang inilalagay, na siyang nagtitiyak at nagtatakda ng mga panulukan para sa natitiran bahagi ng gusali, ay tinatawag na "ang sandigang bago"
      2. ito ay maaaring tumutukoy sa panghuling bato na ilalagay, na humahawak sa pader na magkakasama, (cf. Zacarias 4:7; Efeso 2:20,21), ay tinatawag na "ang mataas na bato," mula sa Hebreong *rush* (i.e., ulo)
      3. ito ay maaaring tumutukoy sa "susing bato," na nasa gitna ng arko ng dadaanan ng pinto at humahawak sa bigat ng buong pader

II. NT Mga Pagkagamit
   A. Sinipi ni Hesus ang Awit 118 nang araming beses na tumutukoy sa Kanyang sarili (cf. Mateo 21:41-46; Marcos 12:10-11; Lucas 20:17)
   B. Ginami ni Pablo ang Awit 118 sa kaugnayan nito sa pagtanggi ni YHWH sa kawalang pananampalatay, mapanghimagsik na Israel (cf. Roma 9:33)
   C. Ginagamit ni Pablo ang konseptong sa isang "sandigang-bato" sa Efeso 2:20-22 na tumutukoy kay Kristo
   D. Ginagamit ni Pedro ang konseptong ito kay Hesus sa I Pedro 2:1-10. Si Hesus ay ang sandigang-bato at ang mga mananampalataya ay mga buhay na bato (i.e., mga mananampalataya bilang mga templo, cf. I Corinto 6:19), na natatag sa Kaniya (i.e., Si Hesus ay ang bagong Templo, cf. Marcos 14:58; Mateo 12:6; Juan 2:19-20). Ang mga Hudyo ay tinanggihan ang tunay na sandigan ng kanilang pag-asa noong tinanggihan nila si Hesus bilang Mesias.

III. Mga Teolohikong Pamamahayag
   A. Pinahintulutan ni David/Solomon na itayo ang templo. Sinabi Niya sa kanila na kapag iningatan nila ang kasunduan, sila ay Kaniyang pagpapalain at makakasama nila (cf. II Samuel 7), ngunit ngunit kung hindi nila gagawin, ang templo ay mawawasak (cf. I Hari 9:1-9)!
   B. Ang Rabinikong Judaismo ay tumutuon sa anyo at ritwal at pinapabayaan ang personal na aspeto ng pananampalataya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Naghahanaw ang Diyos ng isang pang-araw-araw, personal, maka-Diyos pakikipag-ugnayan sa mga nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Ang Lucas 20:17-18 ay naglalaman ng mga nakakatakot na mga salita ng kahatulan, tulad ng sa Mateo 5:20, papuntang Judaismo.
   C. Ginamit ni Hesus ang konsepto ng isang templo na kumakatawan sa Kanyang pisikal na katawan (cf. Juan 2:19-22). Ito ay pinapatuloy at pinapalaki ang konsepto ng personal na pananampalataya kay Hesus bilang ang Mesias ay susi sa isang pakikipag-ugnayan kay YHWH (i.e., Juan 14:6; I Juan 5:10-12).
   D. Ang kaligtasan ay nangangahulugan na ipanumbalik ang nasirang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (Genesis 1:26-27 at kabanata 3) upang ang pagkikipag-ugnayan sa Diyos ay maaari. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging katulad ni Kristo ngayon. Ang mga mananampalataya ay kailangang maging mga buhay na bato (i.e., mga maliliit na templo na itinayo/itinulad kay Kristo).
   E. Si Hesus ay ang sandigan ng ating pananampalataya at ang sandigang-bato ng ating pananampalataya (i.e., ang Alpha at Omega). Ngunit gayundin ang bato ng pagkatisod at bato ng pag pagdurusa. Ang Siya ay hindi matagpuan ay hindi ay hindi matagpuan ang lahat ng bagay. Walang maaaring panggitnang saligan dito!

**4:12 "sa kanino mang iba ay walang kaligtasan"** Ito ay isang malakas na DALAWAHANG MAGKASALUNGAT. Walang kaligtasan kina Abraham o Moises (cf. Juan 14:6; I Timoteo 2:5; I Juan 5:10-12). Anong nakakagulat na pag-aangkin! Ito ay lubhang paghihigpit ngunit ito rin ay lubhang maliwana na si Hesus ay naniniwala na tanging sa pamamagitan ng isang personal na pakikipag-ugnayan sa Kanya maaaring ang isa ay makilala ang Diyos. Matapang na ipinahayag ito ni Pedro sa mga piling pamunuang pang-Hudyo. Ito ay kadalasang tinatawag na pangtanging kahihiyan ng Kristiyanismo. Walang panggitnang kalagayan dito. Ang pahayag ay totoo o Ang Kristiyanismo ay mali!

▣ **"sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao"** Ang PANDIWARING "na ibinigay" ay isang GANAP NA BALINTIYAK. Pinanukala ito ng Diyos! Si Hesus ay ang Kanyang kasagutan sa pangangailangang espiritwal ng sangkatauhan. Walang planong B! Para sa mabuting aklat sa pantanging pag-aangkin ng Kristiyanismo tingnan si H. A. Netland, *Dissonant Voices: Religious Pluralism and the Question of Truth*.

▣ **"sa mga tao"** Pansinin ang pangkalahatang sangkap (cf. Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).

▣ **"na sukat nating ikaligtas"** Ang parilalang ito ay may dalawang MGA MAKADIWA.

1. *dei*, PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, "kailangan natin" (tingnan ang buong tala sa *dei* sa 1:16)
2. *sōthēnai,* AORIST NA BALINTIYAK NA PAWATAS ng *sōzō*, "na maligtas"

Ang salita para sa "maligtas" ay may dalawang paggamit sa NT.

1. pisikal na pagpapalaya (OT na kaunawaan, cf. Mateo 9:22; Marcos 6:56; Lucas 1:71; 6:9; 7:50; Mga Gawa 27:20,31; Santiago 1:21; 2:14; 4:12; 5:20)
2. espiritwal na kaligtasan (NT na mga gamit, cf. Lucas 19:10; Mga Gawa 2:21,40,47; 11:14; 15:11; 16:30-31)

Kapwa naranaan ito ng pilay. Ang mga pinunong pang-relihiyon ay kailangang magtiwala kay Hesus bilang kanilang tanging pag-asa para sa pagtanggap at kapatawaran. Kailangan ng tao ang maligtas (cf. Roma 1:18-3:20) at si Hesus ay ang tanging paraan upang maisakatuparan ito (cf. Roma 3:21-31). Ang OT sipi sa v. 12 ay nagpapakita Siya ay palaging nasa plano ng Diyos (cf. Isaias 8:14-15; 28:14-19; 52:13-53:12).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:13-22

**13 Nang makita nga nila ang katapangan ni Pedro at ni Juan, at pagkatalastas na sila'y mga taong walang pinagaralan at mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangapagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Hesus. 14 At nang mangakita nila ang taong pinagaling na nakatayong kasama nila, ay wala silang maitutol. 15 Datapuwa't nang sila'y mangautusan na nilang magsilabas sa pulong, ay nangagsangusapan, 16 Na nangagsasabi, "Anong gagawin natin sa mga taong ito? sapagka't tunay na ginawa sa pamamagitan nila ang himalang hayag sa lahat ng nanganananahan sa Herusalem; at hindi natin maikakaila. 17 Gayon ma'y upang huwag nang lalong kumalat sa bayan, atin silang balaan, na buhat ngayo'y huwag na silang mangagsalita pa sa sinomang tao sa pangalang ito." 18 At sila'y tinawag nila, at binalaan sila, na sa anomang paraan ay huwag silang magsipagsalita ni magsipagturo tungkol sa pangalan ni Hesus. 19 Datapuwa't si Pedro at si Juan ay nagsisagot at nagsipagsabi sa kanila, "Kung katuwiran sa paningin ng Diyos na makinig muna sa inyo kay sa Diyos, inyong hatulan: 20 Sapagka't hindi mangyayaring di namin salitain ang mga bagay na aming nangakita at nangarinig." 21 At sila, nang mapagbalaan na nila, ay pinakawalan, (palibhasa'y hindi nangakasumpong ng anomang bagay upang sila'y kanilang mangaparusahan), dahil sa bayan; sapagka't niluluwalhati ng lahat ng mga tao ang Diyos dahil sa bagay na ginawa. 22 Sapagka't may mahigit nang apat na pung taong gulang ang tao, na ginawan nitong himala ng pagpapagaling.**

**4:13 "ang katapangan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagiging Matapang (*parrhēsia*) sa 4:29.

▣ **"walang pinagaralan"** Ang termino ay *agrammatos*, na termino sa "pagsulat" na may ALPHA PRIVATIVE. Ito ay maaaring mangahulugan na sila ay

1. walaang-alam o hindi nakapag-aral (cf. Moulton, Milligan, *Vocabulary*, p. 6)
2. walang kasanayang sa mga rabinikong paaralan (cf. A. T. Robertson, *Word Pictures in the Greek New Testament*, tomo 3, p. 52 at Louw at Nida, Lexicon, tomo 1, p. 328)

▣ **"mangmang"** Ito ay isa pang terminong *idiōtēs*, na kadalasang isinasaling "karaniwang tao" o "walang kasanayan sa isang bahagi." Sa orihinal ito ay tumutukoy sa isang karaniwangg tao na kasalungat sa isang pinuno o tagapagsalita. Ito ay sumapit na gamiting sa tagalabas laban sa isang miyembro ng pangkat (cf. I Corinto 14:16,23-24; II Corinto 11:6).

Pansinin kung paaano tinanganan ng iba't-ibang Ingles na salin ang parilalang ito.

| | |
|---|---|
| NASB, NKJV | "mga taong walang pinag-aralan at mga mangmang" |
| NRSV | "mga taong walang pinag-aralan at karaniwan" |
| TEV | "karaniwang tao na walang pinag-aralan" |
| NJB | "walang pinag-aralan na karaniwan" |

▣ **"nangagtaka sila"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG (gaya ng dalawang sumunod na pandiwa). Sila ay nagpapahiwatig, alinman sa panimula ng isang pagkilos o inuulit na pagkilos sa nakalipas na panahon (MAY PAHIWATIG NA PANAGANO). Madalas gamitin ni Lucas ang salitang ito (18 beses sa Lucas at Mga Gawa); ito ay kadalasan, ngunit hindi palagi, ay may isang paayong kahulugan (cf. Lucas 11:38; 20:26; Mga Gawa 4:13; 13:41).

▣ **"nangapagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Hesus"** Ito sa katotohanan ay pagpuri. Si Hesus din ay hindi nakapagsanay sa rabinikong paaralan, ngunit nalalaman Niya nang mahusay ang Lumang Tipan. Siya ay dumadalo ng

sinagogang paaralan gaya ng lahat ng Hudyong kabataan (gaya ng ginawa nina Pedro at Juan) na kailangang gawin ito.
Kinikilala ng mga pinuno ang katapangan at kapangyarihan nina Pedro at Juan. Nakita nila ang katulad nito kay Hesus.

**4:14** Nakikilala ng bawa't-isa ang pilay dahil siya ay palaging nakaupo sa pintuan ng Templo araw-araw. Ngunit hindi na siya nakaupo ngayon! Ang karamihan ng tao sa Templo ay hindi maitatanggi ito (cf. vv. 16,22).

**4:15** Sinabihan nila ang tatlo sa kanila na umalis habang kanilang tinatalakay ang kanilang mga pamimilian at nagplano ng kanilang pamamaraan sa pagtanggi at pandaraya (cf. vv. 17-18).

**4:17-18** Ito ang kanilang plano! Ihinto ang pag-uusap patungkol kay Hesus at ihinto ang pagtulong sa mga tao sa Kanyang pangalan! Paano ang mga tao na nagpupuri sa Diyos for sa pagpapagaling (cf. 3:8-9; 4:16)?

**4:19 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, which ay ginamit not of reality, ngunit for ang sake of argument. Sina Pedro at Juan ay hindi sinaisip na ang kanilang mga kautusan ay may bisa (cf. 5:28).

▣ **"katuwiran"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 3:14.

▣ **"inyong hatulan"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS. Ang mga pinunong ito ay sinumpa ang kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang mga salita, mga layunin at mga pagkilos.

**4:20** Sina Pedro at Juan ay nanidigan na di nila maitatanggi kung ano ang kanilang naranasan at di hihinto sa pagbahagi nito!

**4:21 "At sila, nang mapagbalaan na nila"** Iniisip ko kung ano ang kanilang binabalak gawin. Si Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay. Ang tao ay nakatayo mula sa kanyang higaan; ano kaya ang gagawin ng mga pinuno kina Pedro at Juan?

▣ **"(palibhasa'y hindi nangakasumpong ng anomang bagay upang sila'y kanilang mangaparusahan)"** Ito ay maaaring magpahiwatig ng isa sa layunin ni Lucas sa pagsulat. Ang Kristiyanismo ay hindi isang banta sa Roma o kapayapaan sa Herusalem. Kahit na ang Sanhedrin ay hindi makitaan ng dahilan upang parusahan ang mga pinuno nito.

▣ **"dahil sa bayan"** Ang mga may saksi sa pangyayari sa Herusalem ay tinanganan ang naunang iglesiya sa mataas na pagtatangi (cf. 2:47). Ang mga Hudyong pinuno ay nababantaan sa kanilang popularidad (cf. 5:13,26).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:23-31

**23 At nang sila'y mangapakawalan na, ay nagsiparoon sa kanilang mga *kasamahan*, at iniulat ang lahat ng sa kanila'y sinabi ng mga pangulong saserdote at ng matatanda. 24 At sila, nang kanilang marinig *ito*, ay nangagkaisang itaas nila ang kanilang tinig sa Diyos, at nangagsabi, "Oh Panginoon, IKAW NA GUMAWA NG LANGIT AT NG LUPA AT NG DAGAT, AT NG LAHAT NG NANGASA MGA YAON: 25 Na sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa *pamamagitan* ng bibig ng aming amang si David, na Iyong lingkod, ay sinabi mo, 'BAKIT NANGAGALIT ANG MGA GENTIL, AT NAGSIPAGHAKA ANG MGA TAO NG MGA BAGAY NA WALANG KABULUHAN? 26 'NAGSITAYONG HANDA ANG MGA HARI SA LUPA, AT ANG MGA PINUNO AY NANGAGPISANPISAN, LABAN SA PANGINOON, AT LABAN SA KANIYANG PINAHIRAN. 27 "Sapagka't sa katotohanan sa bayang ito'y laban sa Iyong banal na Lingkod na si Hesus, na siya Mong pinahiran, ang dalawa ni Herodes at ni Poncio Pilato, kasama ng mga Gentil at ng mga bayan ng Israel, ay nangagpisanpisan, 28 Upang gawin ang anomang naitakda na ng Iyong kamay at ng Iyong pasiya upang mangyari. 29" At ngayon, Panginoon, tingnan mo ang kanilang mga bala: at ipagkaloob Mo sa iyong mga alipin na salitain ang Iyong salita ng buong katapangan, 30 Samantalang Iyong iniuunat ang iyong kamay upang magpagaling; at upang mangyari nawa ang mga tanda at mga kababalaghan sa pangalan ng Iyong banal na si Hesus." 31 At nang sila'y makapanalangin na, ay nayanig ang dakong pinagkakatipunan nila; at nangapuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at kanilang sinalita na may katapangan ang salita ng Diyos.**

**4:23** Sila ay bumalik sa Itaas na Silid upang tagpuin ang mga alagad.

**4:24 "ay nangagkaisa"** Ang pagkakaisang ito ng puso at kaisipan ay katangian ng naunang iglesiya (cf. 1:14; 2:46; 4:24; 5:12; 15:25). Mayroong espiritwal na kapangyarihan at nakatuong pagkilos sa ganitong kalagayan ng nagkakaisang layunin.

▣ **"Panginoon"** Ito ay isa pang Griyegong termino na *despota*, kung saan makukuha natin sa salitang Ingles na *despot*. Ito ay nagsasabing na ang isang tao ay nasa ganap na kapangyarihan! Dito, ito ay tumutukoy sa Diyos Ama (cf. Lucas 2:29 at Pahayag 6:10). Ito ay rin ay ginamit kay Hesus (cf. II Pedro 2:1 at Judas v. 4).

▣ **"na GUMAWA NG LANGIT AT NG LUPA AT NG DAGAT, AT NG LAHAT NG NANGASA MGA YAON"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Exodo 20:11. Ito rin ay sinipi sa 14:15 at ang katotohanan ay inihayag sa 17:24. Si YHWH ay ang manlilikha!

**4:25** Mayroong maraming iba-ibang pagbasa sa unang bahagi ng talatang ito. Ang pinakalumang mga kasulatan P[74], א, A, at B ay nagsama ng isang malabong kaibahan. Bagaman ang tiyak na titik ay di-tiyak, ang kahulugan ng teksto ay maliwanag. Para sa isang buong tala ng suliranin at mga teorya kung ano ang nangyari, tingnan si Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 321-323).

▣ **"sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng bibig ng aming amang si David"** Ito ay nagbibigay-diin sa inspirasyon ng Lumang Tipan (cf. Mateo 5:17-19). Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Awit 2:1-2, isang maharlikang pang-Mesias na Awit. Ang Kristiyanismo ay hindi isang bagong bagay, ngunit ang katuparan ng Lumang Tipan (cf. Mateo 5:17-48). Ang pagsalungat ng mundo ay inaasahan, ngunit gayundin, ay ang tagumpay ni YHWH.

**4:25-26 "mga Hentil. . .ang mga tao. . .ang mga Hari. . .ang mga Pinuno"** Mukhang ng mga alagad ay gumagawa ng isang pag-uugnay sa rabinikong salita ng "mga pinuno." Sa isang diwa, tinatawag nila ang Sanhedrin *Goyim* (i.e., mga Hentil) o kahit papaano ay inuugnay ang mga pangalan sa OT sa mga makabagong pangkat (i.e., Pilato, Herodes, Sanhedrin, at pulutong ng mga Hudyo) na nakilahok sa paglilitis at pagpapapako sa krus kay Hesus.

▣ **"NANGAGALIT"** Ito sa literal ay "suminghal sa ilong ng isa." Ito ay nagpapahiwatig ng palalong kayabangan.

**4:26 "ang Panginoon. . .Kanyang Kristo"** Pansinin na si YHWH at ang Mesias ay kapwa magkasamang ipinahayag. Ako ay nagtataka na hindi nila sinipi ang Awit 110:1.

Lubhang mahirap na maging isang monoteista (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:39) at panindigan ang lubusang pagka-Diyos ni Kristo at ang persona ng Espiritu (cf. v. 25, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:32). Ngunit, ang tatlong banal na Diyos, walang hanggang persona ay makikita sa nagkakaisang konteksto sa maraming pagkakataon sa NT. Tandaan na ang lahat ng manunulat maliban kay Lucas ay monoteistikong Hudyong mga Kristiyano. May ilang bagay ang nagdulot sa kanila na panindigan ang isang trinidad (i.e., ang ebanghelyo). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 2:32.

**4:27 "iyong banal na Lingkod na si Hesus, na siya mong pinahiran"** Pansinin ang titulong pang-Mesias na ito.

1. banal (cf. 3:14; 4:30)
2. lingkod (*pais*, cf. 3:13,26; 4:25,27,30. Tingnan ang tala sa 3:13)
3. pinahiran (*chriō*, kung saan ang Kristo ay nakuha, cf Lucas 4:18; Mga Gawa 4:27; 10:38)

Ang talatang ito ay nagpapahayag sa maraming iba't-ibang paraan na si Hesus ay sinugo at pinahintulutan ni YHWH. Si Hesus ay walang-hanggang plano ng Diyos at paraan ng katubusan at pagpapanumbalik (cf. v. 28, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8).

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGPAPAHID SA BIBLYA (BDB 603)

A. Ginagamit sa pagpapaganda (cf. Deuteronomio 28:40; Ruth 3:3; II Samuel 12:20; 14:2; II Cronika 28:15; Daniel 10:3; Amos 6:6; Mikas 6:15)
B. Ginagamit para sa mga panauhin (cf. Awit 23:5; Lucas 7:38,46; Juan 11:2)
C. Ginagamit para sa pagpapagaling (cf. Isaias 61:1; Jeremias 51:8; Marcos 6:13; Lucas 10:34; Santiago 5:14) [ginamit para sa kahulugang pangkalinisan sa Ezekiel 16:9]
D. Ginagamit para sa paghahanda ng paglilibing (cf. Genesis 50:2; II Cronika 16:14; Marcos 16:1; Juan 12:3,7; 19:39-40)
E. Ginagamit para sa kahulugang pang-relihiyon (ng isang bagay, cf. Genesis 28:18; 31:13 [isang haligi]; Exodo 29:36 [ang altar]; Exodo 30:26; 40:9-16; Levitico 8:10-13; Bilang 7:1 [ang tabernakulo])
F. Ginagamit sa pagtatalaga ng mga pinuno
    1. Mga saserdote
        a. Aaron (Exodo 28:41; 29:7; 30:30)
        b. Mga anak ni Aaron (Exodo 40:15; Levitico 7:36)
        c. pamantayang parirala o titulo (Bilang 3:3; Levitico 16:32)
    2. Mga Hari
        a. ng Diyos (cf. I Samuel 2:10; II Samuel 12:7; II Hari 9:3,6,12; Awit 45:7; 89:20)
        b. ng mga propeta (cf. I Samuel 9:16; 10:1; 15:1,17; 16:3,12-13; I Hari 1:45; 19:15-16)
        c. ng mga saserdote (cf. I Hari 1:34,39; II Hari 11:12)
        d. ng mga matatanda (cf. Hukom 9:8,15; II Samuel 2:7; 5:3; II Hari 23:30)
        e. ni Hesus bilang Haring Mesias (cf. Awit 2:2; Lucas 4:18 [Isaias 61:1]; Gawa 4:27; 10:38; Hebreo 1:9 [Awit 45:7])
        f. mga taga-sunod ni Hesus (cf. II Corinto 1:21; I Juan 2:20,27 [*chrisma*])
    3. marahil ng mga propeta (cf. Isaias 61:1)
    4. mga kaparaan ng pagtubos ng Diyos mula sa di-mananampalataya

a. Cyrus (cf. Isaias 45:1)
b. Hari ng Tiro (cf. Ezekiel 28:14, na kung saan siya ay gumamit ng talinghaga ng Edom)
5. salita o titulo sa "Mesias" na nangangahulugang "isang Pinahiran" (BDB 603)

▣ **"ito'y laban sa iyong banal na Lingkod"** Ito ay ang tala ng mga katunggali ni Hesus sa Herusalem.
1. Herodes, ang Edumeanong Pinuno ng Palestina na itinalaga ng Roma (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba)
2. Pontio Pilato, ang Romanong namamahalang pinuno ng Palestina (tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:13)
3. mga Hentil, na maaaring tumukoy sa Romanong sundalo o mga umanib na Hudyo
4. ang "bayan ng Israel," na maaaring tumukoy sa mga Hudyong pinuno at ang karamihan ng mga Hudyo na humiling na palayain si Barabbas at ipako sa krus si Hesus

## NATATANGING PAKSA: ANG PAMILYA NI HERODES ANG DAKILA

A. Herodes ang Dakila
1. Hari ng Judea (37-4 B.C.), isang Idumeano (mula sa Edom), na, sa pamamagitan ng pampulitikang pakana at sa tulong ni Marcos Antonio, ay nakayang mailuklok na pinuno ng isang malaking bahagi ng Palestina (Canaan) ng Senado ng Roma noong 40 B.C.
2. Siya ay nabanggit sa Mateo 2:1-19 at Lucas 1:5
3. Ang kanyang mga anak
a. Herodes Felipe (anak ni Mariamne ng Simon)
(1) asawa ni Herodias (4 B.C. - A.D. 34)
(2) nabanggit sa Mateo 14:3; Marcos 6:17
b. Herodes Felipe I (anak ni Cleopatra)
(1) Tetrarka ng dakong hilaga at kanluran ng Dagat ng Galilea (4 B.C. - A.D. 34)
(2) nabanggit sa Lucas 3:1
c. Herodes Antipas
(1) Tetrarka ng Galilea at Perea (4 B.C. - A.D. 39)
(2) nabanggit sa Mateo 14:1-12; Marcos 6:14,29; Lucas 3:1,19; 9:7-9; 13:31; 23:6-12,15; Mga Gawa 4:27; 13:1
d. Archelaus, Herodes ang Ethnarko
(1) pinuno ng Judea, Samaria, at Idumea (4 B.C. - A.D. 6)
(2) nabanggit sa Mateo 2:22
e. Aristobulo (anak ni Mariamne)
(1) nabanggit bilang ama ni Herodes Agrippa I na
(a) Hari ng Judea (A.D. 37-44)
(b) nabanggit sa Mga Gawa 12:1-24; 23:35
(i) Ang kanyang anak ay si Herodes Agrippa II
– Tetrarka hilagang nasasakupan (A.D. 50-70)
(ii) ang kanyang anak na babae ay si Bernice
– kalaguyo ng kanyang kapatid na lalaki
– nabanggit sa Mga Gawa 25:13-26:32
(iii) ang kanyang anak na babae ay si Drucilla
– asaw ni Felix
– nabanggit sa Mga Gawa 24:24

B. Mga Biblikal na Sanggunian sa mga Herodes
1. Si Herodes ang Tetrarka, nabanggit sa Mateo 14:1ff.; Lucas 3:1; 9:7; 13:31, at 23:7, ay ang anak ni Herodes ang Dakila. Sa kamatayan ni Herodes ang Dakila, ang kanyang kaharian ay nahati sa kanyang maraming anak. Ang terminong "Tetrarka" ay nanangahulugang "pinuno ng ikaapat na bahagi." Ang Herodes na ito ay kilala bilang Herodes Antipas, na pinaikling anyo ng Antipater. Pinamamahalaan niya ang Galilea at Perea. Ito ay nangangahulugan na ang karamihan ng ministeryo ni Hesus ay nasa hangganan nitong pangalawang salinlahing Idumeanong pinuno.
2. Si herodias ay ang anak na babae ng kapatid ni Herodes Antipas, si Aristobulo. Siya ay dating pinakasalkay Felipe, ang kapatid sa ama ni Herodes Antipas. Hindi ito si Felipe ang Tetrarka na may kontrol na bahagi ng hilaga ng Galilea, ngunit ang ibang kapatid na Felipe, na naninirahan sa Roma. Si Herodias ay may isang anak na babae kay Felipe. Sa pagdalaw ni Herodes Antipas sa Roma nakatagpo niya at inakit ni Herodias, na naghahanap ng pampulitikang pagsulong. Samakatuwid, hiniwalayan ni Herodes Antipas ang kanyang asawa, na isang prinsesang Nabateano, at hiniwalayan ni Herodias si Felipe upang siya at si Herodes Antipas ay maaaring ikasal. Siya rin ay ang kapatid ni Herodes Agrippa I (cf. Mga Gawa 12).
3. Nalaman natin ang pangalan ng anak na ni Herodias, si Salome, mula kay Flavius Josephus sa kanyang aklat

na *The Antiquities of the Jews* 8:5:4. Siya ay nasa pagitan ng mga edad labingdalawa at labingpito sa pagkakataong ito. Siya ay maliwanag na kontrolado at pinapatakbo ng kanyang ina. Nang lumaon ay pinakasalan ni si Felipe ang Tetrarka, ngunit maagang nabalo.

4. Halos sampung taon pagkatapos ng pagpugot kay Juan de Bautista, si Herodes Antipas ay pumunta sa Roma at sa panunulsol ng kanyang asawang si Herodias na maghangad ng titulong hari dahil ang si Agrippa I, kanyang kapatid, ay tumanggap ng ganitong titulo. Ngunit si Agrippa I ay sumula sa Roma at pinaratangal si Antipas ng pakikipag-ugnayan sa mga Parthian, isang kinamumuhiang kaaway ng Roma mula sa Fertile Crescent(Mesopotamia). Ang Emperador ay tila naniwala kay Agrippa I at si Herodes Antipas, kasama ang kanyang asawang si Herodias, ay pinatapon sa Espanya.
5. Maaaring mas madaling maaalala ang iba't-ibang mga Herodes sa pagpapakilala ng Bagong Tipan sa pag-ala-ala na si Herodes ang Dakila ang pumatay sa mga bata sa Bethlehem; si Herodes Antipas ang pumatay kay Juan de Bautista; Si Herodes Agrippa I ang pumatay kay Apostol Santiago; at Si Herodes Agrippa II ang duminig sa pagsamo ni Pablo na nakatala sa aklat ng Mga Gawa.

C. Para sa kaligirang inpormation sa pamilya ni Herodes ang Dakila, sumangguni sa talatuntunan ni Flavius Josephus, *Antiquities of the Jews*.

**4:28 "ng iyong kamay at ng iyong pasiya upang mangyari"** Kahit bago pa ang paglalang, ang Diyos ay mayroon nang Kanyang plano ng katubusan (cf. Mateo 25:34; Juan 17:24; Efeso 1:4; I Pedro 1:20; Pahayag 13:8; Mga Gawa 2:13; 3:18; 13:29). Ang mga kaaway lamang ni Kristo ay maisasakatuparan ang nais ng Diyos na kanilang matupad. Si Hesus ay dumating upang mamatay (cf. Marcos 10:45). Ang termino ay isinalin dito na "pasiya" ay isang tambalan ng PANG-UKOL na "bago" at "magtakda" (cf. Roma 8:29,30; I Corinto 2:7; Efeso 1:5,11).

Ang tiyakang mga talata sa pagtatalaga sa NT ay Roma 8:28-30; Roma 9; at Efeso 1:3-14. Ang mga tekstong ito ay maliwanag na binibigyang-diin na ang Diyos ay makapangyarihan. Siya ay lubusang may kontrol sa lahat ng mga bagay, kasama ang pantaon kasaysayan. Mayroong isang namamatnugot na maka-Diyos na pangkatubusang plano na isinasakatuparan sa panahon. Gayunman, ang planong ito ay hindi nagkataon lamang o mapamili. Ito ay batay hindi lamang sa kapangyarihan at paunang pagkaalam ng Diyos, ngunit gayundin ang Kanyang di-nagbabagong katangian ng pag-ibig, kahabagan, at di-marapat na biyaya.

Kailangan tayong maging maingat sa ating kaluraning (Amerikanong) indibidwalismo o ang ating ebandyelikong sigasig na kumukulay sa kahanga-hangang katotohanan. Kailangan din nating magbantay laban sa pagtuon sa pangkasaysayan, teolohikong tunggalian sa pagitan nina Augustino at Pelegio o Calvinismo at Arminianismo.

Ang pagtatalaga (predestinasyon) ay hindi isang doktrina para takdaan (limitahan) ang pag-ibig, biyaya, at kahabagan ng Diyos, o huwag isama ang ilang sa ebanghelyo. Ito ay nangangahulugan ng pagpapalakas sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng paghubog ng kanilang pananaw sa mundo. Ang pag-ibig ng Diyos ay para sa lahat ng sangkatauhan (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang Diyos ang may kontrol ng lahat ng bagay. Sino o ano ang maaaring makapaghiwalay sa atin mula sa Kanya (cf. Roma 8:31-39)? Ang pagtatalaga ay bumubuo ng isa sa dalawang paraan upang tingnan ang buhay. Tinitingnan ng Diyos ang lahat ng kasaysayan bilang kasalukuyan. Ang mga tao ay nahahangganan ng panahon. Ang ating pananaw at mga kakayahan sa isipan ay limitado. Walang sa pagitan ng kapangyarihan (soberano) at ang malayang pagpili ng sangkatauhan. Ito ay isang pangkasunduang balangkas. Ito ay isa pang halimbawa ng biblikal na katotohanan na ibinigal sa kabalintunaan, dialektiko, mga tambalang puno ng pag-iigting (tensyon). Ang mga biblikal na Doktrina ay ipinapakilala sa magkakaibang pananaw. Sila ay kadalasang makikita na kabalintunaan. Ang katotohanan ay isang pagtitimbang sa pagitan ng tila magkasalungat na tambalan. Huwag natin tanggaling ang pag-iigting sa pagpili ng isa sa mga katotohanan. Huwag nating ihiwalay ang anumang biblikal na katotohanan sa isang kuwarto ng kanyang sarili.

Mahalaga din na maidagdag na ang layunin ng eleksyon (pagpili) ay hindi lamang langit kapag tayo ay namatay na, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo ngayon (cf. Efeso 1:4; 2:10)!

Tayo ay pinili na maging "banal at walang kapintasan." Pinili ng Diyos na tayo ay baguhin upang ang iba ay maaaring tingnan pagbabago at tumugon sa pananampalatay sa Diyos kay Kristo. Ang pagtatalaga ay hindi isang personal pribilehiyo, ngunit isang pangkasunduang pananagutan! Tayo ay iniligtas upang maglingkod! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:47.

**4:29 "salitain ang iyong salita"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS. Ito ay isang panalangin para sa nagpapatuloy na katapangan (cf. Efeso 6:19 at Colosas 4:3) at isang pagpapatunay ng inspirasyon (cf. II Timoteo 3:15-17).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ng buong katapangan"** |
| **NKJV, NRSV, TEV** | **"ng lahat ng katapangan"** |
| **NJB** | **"ng lahat ng kawalang-takot"** |

Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: PAGIGING MATAPANG (*PARRĒSIA*)

Ang Griyegong salitang ito ay tambalan ng "lahat" (*pan*) at "pagsasalita" (*rhēsis*). Ang pagiging malaya o matapang sa pagsasalita ay kadalasang may pakahulugan ng pagiging matapang sa gitna ng pagsalungat o pagtangi (cf. Juan 7:13; I Thessalonica 2:2).

Sa mga sulat ni Juan (ginamit ng 13 beses) ito ay kadalasang pumapatungkol sa isang pang-madlang pagpapahayag (cf. Juan 7:4, gayundin sa mga sulat ni Pablo, Colosas 2:15). Ngunit, paminsanminsan ito ay nangangahulugang lamang na "pangkaraniwan" (cf. Juan 10:24; 11:14; 16:25,29).

Sa Gawa ng mga Apostol, nagpapahayag ito ng mensahe patungkol kay Hesus sa katulad na kaparaan (na may pagiging matapang) gaya ng pagsasalita ni Hesus patungkol sa Ama at Kanyang mga panukala at mga pangako (cf. Gawa 2:29; 4:13,29,31; 9:27-28; 13:46; 14:3; 18:26; 19:8; 26:26; 28:31). Si Pablo din ay humungi ng panalangin upang siya ay maaaring ipangaral ang Ebanghelyo nang may katapangan (cf. Efeso 6:19; I Thessalonica 2:2) at ipamuhay ang Ebanghelyo (cf. Filipos 1:20).

Ang *eschatological* na pag-asa ni Pablo kay Kristo ay nagbigay sa kanya ng pagiging matapang at pananalig na ipangaral ang Ebanghelyo sa kasalukuyang masamang kapanahunan (cf. II Corinto 3:11-12). Nagkaroon din siya ng pananalig na ang mga taga-sunod ni Hesus ay kikilos nang may-kaangkupan (cf. II Corinto 7:4).

May isa pang aspeto sa salitang ito. Ang mga Hebreo ay gumagamit ng natatanging pang-unawa sa pagiging matapang kay Kristo upang lumapit sa Diyos at makipag-usap sa Kaniya (cf. Hebreo 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang mga mananampalataya ay lubos na tatanggapin at sasalubungin sa pakikipag-isa kasama ang Ama sa pamamagitan ng Anak!

Ito ay ginamit sa maraming pagkakataon sa NT.

1. isang pananalig, pagiging matapang, o katiyakan na kaugnayan sa tao
   a. mga tao (cf. Gawa 2:29; 4:13,31; II Corinto 3:12; Efeso 6:19)
   b. Diyos (cf. I Juan 2:28; 3:21; 4:12; 5:14; Hebreo 3:6; 4:16; 10:19)
2. upang magsalita nang hayagan, pangkaraniwan, o walang kalabuan (cf. Marcos 8:32; Juan 7:4,13; 10:24; 11:14; 16:25; Gawa 28:31)
3. upang magsalit sa madla (cf. Juan 7:26; 11:54; 18:20)
4. ang kaugnay na anyo (*parrhēsiazomai*) ay ginagamit upang mangaral ng may katapangan sa gitna ng mga mahirap na kalagayan (cf. Gawa 18:26; 19:8; Efeso 6:20; I Thessalonica 2:2)

Sang-ayon sa konteksto, ito ay pumapatungkol sa isang *eschatological* na pananalig. Ang mga mananampalataya ay hindi natatakot sa Pangalawang Pagparito ni Kristo; tatanggapin nila ito nang may pananalig na kasigasigan dahil sila ay nananaliti kay Kristo at nabubuhay ng mga pamumuhay gaya ng kay Kristo.

**4:30 "Samantalang iyong iniuunat ang iyong kamay upang magpagaling"** Ito ay isang antropomopikong parilala (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:33) na ginamit upang ilarawan ang paghahayag ng Diyos ng Kanyag kahabagan at kapangyarihan. Ang mga tanda ay isang paraan ng pagpapatibay ng mensahe ng ebanghelyo. Sa buong buhay nila, ito ay isang radikal na naiibang mensahe mula sa kanilang narinig sa sinagoga.

**4:31 "nayanig ang dakong pinagkakatipunan nila"** Pinasigla ng Diyos ang mga saksing ito sa pamamagitan ng ibang pisikal na pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan at presensiya, tulad ng Kanyang ginawa sa Pentecostes. Ang salita ay ginamit sa hangin na umiihip sa isang naglalayag na sasakyang-dagat.

▣ **"nangapuspos silang lahat ng Banal na Espiritu"** Pansinin na muli dito, ang lahat ay napuspos (cf. 2:4; 4:8,31; 9:17; 13:9,52, tingnan ang buong tala sa 5:17). Ang pagpupuspos na ito ay para sa matapang na paghahayag ng ebanghelyo. Pansinin din na ang mga wika ay <u>hindi</u> nabanggit. Sa Mga Gawa kapag ang mga wika ay nabanggit, sila ay kadalasang nasa isang pang-ebanghelikong konteksto ng ebanghelyo sumusupil sa pangkultura-etniko at/o heograpiyang mga hadlang.

▣ **"ang salita ng Diyos"** Ang Jerome Biblical Commentary (p. 180) ay may mabuting tala patungkol parilalang ito, "ito ay paboritong paraan ni Lucas ng paghahayag ng Kristiyanong mensahe (tingnan ang 6:2,7; 8:14; 11:1; 13:5,7,44,46,48; 16:32; 17:13; 18:11). Ang mga pagkakaiba nito ay "ang salita ng Panginoon" (8:25; 13:49; 15:35,36; 19:10,20; 20:35) o payak na "ang salita" (4:29; 6:4; 8:4; 10:44; 11:19; 14:25; 16:6)."

Ito ay isang sentrong katanungan ng pananampalatay, "Ang ebanghelyo ba na ipinakilala sa NT ang salitang ng Diyos?" Ang pananampalataya na pinapalakas ng Espiritu ay nagsasabing "oo"!!

▣ **"na may katapangan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:29.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:32-35

**32 At ang karamihan ng mga nagsisampalataya ay nangagkakaisa ang puso at kaluluwa: at *sinoma'y* walang nagsabing kaniyang sarili ang anoman sa mga bagay na kaniyang inaari: kundi lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan.**
**33 At pinatotohanan ng mga apostol na may dakilang kapangyarihan, ang pagkabuhay na maguli ng Panginoong**

**Hesus: at dakilang biyaya ang sumasa kanilang lahat. [34]Sapagka't walang sinomang nasasalat sa kanila: palibnasa'y ipinagbili ng lahat ng may mga lupa o mga bahay ang mga ito, at dinala ang mga halaga ng mga bagay na ipinagbili, [35]At ang mga ito'y inilagay sa mga paanan ng mga apostol: at ipinamamahagi sa bawa't isa, ayon sa kinakailangan ng sinoman.**

**4:32 "mga nagsisampalataya ay nangagkakaisa ang puso at kaluluwa"** Ang espiritu ng pagkakaisa sa mga mananampalataya (cf. 1:14) ay nagpapakilala ng pagkakaisa ng Trinidad na Diyos (cf. Juan 17:11,21,23; Efeso 4:4-6). Ang tiyak na mga salitang ito ay ginamit sa Marcos 12:30 upang ipakilala sa unag kautusan sa Deuteronomio 6:4-5.

▣ **"lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan"** Sila ay nakakadama at kumikilos tulad ng isang pamilya. Ito ay ang unang pagtatangka ng iglesiya na tustusan ang gawain. Ito ay kusa at tulungan, hindi sapilitan. Pag-ibig at pagmamalasakit, hindi pamamahala o antas sa lipunan, ang layunin (motibo)!

**4:33 "pinatotohanan ang pagkabuhay na maguli"** Ito ay ang sentrong katotohanan ng kanilang mensahe ( cf. I Corinto 15). Si Hesus ay buhay!

▣ **"at dakilang biyaya ang sumasa kanilang lahat"** Natutunan natin mula sa mga sulat ni Pablo na sa isang lumipas na panahon, ang iglesiyang ito ay napakahirap (cf. Roma 15:3; Galacia 2:10). Ang masaganang biyaya, tulad ng masaganang pamumuhay (cf. Juan 10:10) ay maliit ang kinalaman sa mga materyal ng bagay. Pansinin na ang kasaganahang ito ay nasa kanilang lahat, hindi lamang ang mga pinuno, ang mga may taglay ng ilang kaloob, o silang na partikular na sosyo-ekonomikong antas.

**4:34** Naramdaman ng iglesiya ang pananagutan para sa isa't-isa. Silang mayroon, ay nagkakaloob nang malaya sa mga nangangailangan. Hindi ito komunismo, ngunit pag-ibig na gumagawa.

**4:35 "ang mga ito'y inilagay sa mga paanan ng mga apostol"** Ito ay isang pangkulturang wikain ng pagkakaloob ng ilang bagay sa iba. Kanilang inilagay ang kanilang mga ari-arian at salapi sa paaanan ng mga Apostol dahil kanila lang ibinigay ang kanilang mga buhay sa paanan ni Hesus.

▣ **"ipinamamahagi sa bawa't isa"** Ito ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nagpapakita ng nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ito ay sumusunod sa huwaran ng sinagoga sa pagtulong sa mahihirap at nangangailangan.

▣ **"ayon sa kinakailangan ng sinoman"** Mayroon kawili-wiling pagpuna sina Klein, Blomberg, at Hubbard sa *Introduction to Biblical Interpretation*, pp. 451-453, na ang manipesto ni Marx ay nagtataglay ng dalawang sipi mula sa Mga Gawa:

1. "ayon sa kaya ng bawa't-isa" – 11:29
2. "sa bawa't-isa sang-ayon sa kaniyang pangangailangan"

Ang hermenyutikong suliranin ay ang pagtatangka ng makabagong mga taon na gamiting Bibliya upang itaguyod ang hindi mismo sinasalita o kinikilala ng Bibliya. Ang Bibliya ay hindi maaaring mangahulugan sa atin kung ano ang hindi nito kahulugan sa orihinal na may-akda o tagapakinig. Maaari nating gamitin ang teksto sa iba't-ibang paraan sa ating pangkultura at umiiral na kalalagayan, ngunit ang ating paggamit kailangan di maihihiwalay ang pagka-ugnay sa orihinal na nilayong kahulugan ng may-akda. Bawat biblikal na teksto ay may isa lamang kahulugan, ngunit maraming mga paggagamitan o mga kahalagahan. (Tingnan ang aking Seminar sa Pagbibigay-Kahulugan sa Bibliya sa www.freebiblecommentary.og )

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:36-37

**[36]At si Jose, na pinamagatang Bernabe ng mga apostol (na kung liliwanagin ay Anak ng pangangaral), isang Levita, tubo sa Chipre, [37]Na may isang bukid, ay ipinagbili ito, at dinala ang salapi at inilagay sa mga paanan ng mga apostol.**

**4:36 "si Jose, isang Levita"** Ang Lumang Tipan ay ipinagbabawal sa mga saserdote na magmay-ari ng lupa, ngunit ang mga Romanong awtoidad ay binago ang maraming bagay sa Palestina.

▣ **"na pinamagatang Bernabe ng mga apostol (na kung liliwanagin ay Anak ng pangangaral)"** Ito ay isang kilalang kahulugan ng "Bernabe." Sa Aramaiko, ito ay maaaring mangahulugang "anak ng propesiya" o sa Hebreo maaaring "anak ni Nebo" (AB, tomo 1). Siya ay naunang pinuno sa iglesiya sa Herusalem at kaibigan ni Pablo at kasama sa misyon. Si Eusebio, isang naunang mananalaysay ng iglesiya, na siya ay isang sa pitumpu ng Lucas 10.

**NATATANGING PAKSA: SI BERNABE (BARNABAS)**

I. Ang Lalaki
   A. ipinanganak sa Cyprus (cf. Mga Gawa 4:36)
   B. sa tribo (angkan) ni Levi (cf. Mga Gawa 4:36)
   C. pinalayawang "anak ng pagpapasigla" (cf. Mga Gawa 4:36; 11:23)
   D. isang miyembro ng iglesiya sa Herusalem (cf. Mga Gawa 11:22)
   E. siya ay may espiritwal na na mga kaloob ng isang propeta at guro (cf. Mga Gawa 13:1)
   F. tinawag na isang apostol (cf. Mga Gawa 14:14)

II. Ang Kanyang Gawain
   A. sa Herusalem
      1. ipinagbili ang kanyang ari-arian at ipinagkaloob ang lahat ng salapi sa mga Apostol upang tulungan ang mahihirap (cf. Mga Gawa 4:37)
      2. pinuno sa iglesiya sa Herusalem (cf. Mga Gawa 11:22)
   B. kasama si Pablo
      1. Siya ang isa sa mga unang nagtiwala sa kaligtasan ni Pablo (cf. Mga Gawa 9:27).
      2. Siya ay pumunta sa Tarsus nahanap si Pablo at isinama siya upang tumulong sa bagong iglesiya sa Antioch (cf. Mga Gawa 11:24-26).
      3. Ang iglesiya saAntioch ay ipinadala sina Bernabe at Saul sa iglesiya sa Herusalem kasama ang mga ambag para sa mahihirap (cf. Mga Gawa 11:29-30).
      4. Sina Bernabe at Pablo ay tumungo sa kanilang unang pang-misyong paglalakbay (cf. Mga Gawa 13:1-3)
      5. Si Bernabe ay ang pinuno ng pangkat sa Cyprus (ang kanyang lupang sinilangan), ngunit pagkatapos ay kinilala din ang pamumuno ni Pablo (cf. Mga Gawa 13:13)
      6. Sila ay nag-ulat sa iglesiya sa Herusalem upang ipaliwanag at itala ang kanilang gawaing pang-misyon sa mga Hentil (cf. Mga Gawa 15, tinawag ang Konseho sa Herusalem).
      7. Sina Bernabe at Pablo ay may unang pa pagtatalo patungkol sa mga pang-Hudyong kautusan sa pagkain at pakikipag-ugnayan sa mga Hentil na naitala sa Galacia 2:11-14.
      8. Sina Bernabe at Pablo nagplano ng pangalawang pang-misyong paglalakbay, ngunit isang pagtatalo ang nagsimula sa pinsa ni, si Juan Marcos (cf. Colosas 4:10), na iniwan ang gawain sa unang pang-misyong paglalakbay (cf. Mga Gawa 13:13). Si Pablo ay tumanggi na isama siya sa pangawalang pang-misyong paglalakbay, kaya nahati ang pangkat (cf. Mga Gawa 15:36-41). Ito ay nagbunga sa dalawang pangkat (i.e., Bernabe at Juan Marcos, at Pablo at Silas).

III. Tradisyon ng Iglesiya (Eusebio)
   A. Si Bernabe ay isa sa pitumpu na pinadala ni Hesus (cf. Lucas 10:1-20).
   B. Siya ay namatay bilang isang Kristiyanong martir sa kanyang sinilangang pulo, ang Cyprus.
   C. Sinabi ni Tertullian na siya ang sumulat ng aklat ng mga Hebreo.
   D. Sinabi ni Clemente ng Alexandria na siya ang sumulat ng di-kanonikong aklat na Sulat ni Bernabe.

**4:37 "Na may isang bukid"** Siya ay isang lalaki ng kaparaanan (tulad ni Nicodemo at Jose ng Aramathea). Ang kabanata 5 ay nagpapakita ng maaaring pag-abuso sa ganitong paraan ng pagtutustos ng gawain (e.g., panibugho, pagsisinungaling, at kamatayan).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang mga Saduceo? Bakit sila galit na galit?
2. Ano ang Sanhedrin?
3. Ano ang kahalagahan ng Awit 118?
4. Bakit lubhang mahalaga ang v. 12?
5. Ang pagtatalaga ba ng v. 28 ay tumutukoy sa bawat tao o ang planong katubusan ng Diyos? Bakit?
6. Sinusubukan ba ni Lucas na magtakda ng isang pamamarisan para sa iglesiya sa 4:32-5:11?

# MGA GAWA 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Sina Ananias at Safira | Ang Pasisinungaling sa Banal na Espiritu | Ang Pagbabaha-bahagi ng mga ari-arian | Sina Ananias at Safira | Ang pandaraya nina Ananias at Safira |
| | | (4:32-5:11) | | |
| | | 4:32-5:6 | | |
| 5:1-11 | 5:1-11 | | 5:1-6 | 5:1-6 |
| | | 5:7-11 | 5:7-8 | 5:7-11 |
| | | | 5:9-11 | |
| Maraming mga Tanda at Himala ang Naisakatuparan | Nagpapatuloy na Kapanag-yarihan sa Iglesiya | Pangalawang Pagdakip sa mga Apostol | Mga kababalaghan at mga Himala | Ang Pangkalahatang Kalagayan |
| 5:12-16 | 5:12-16 | 5:12-21a | 5:12-16 | 5:12-16 |
| Pag-uusig sa mga Apostol | Ibinilanggo ang mga Apostol | | Ang mga Apostol ay Inusig | Pagdakip sa mga Apostol at Pagpapalaya |
| 5:17-26 | 5:17-21 | | 5:17-21a | 5:17-18 |
| | | | | 5:19-21a |
| | | | | Ang Pagpapatawag upang Humarap sa Sanhedrin |
| | Inusig muli ang mga Apostol | 5:21b-26 | 5:21b-26 | 5:21b-26 |
| | 5:22-32 | | | |
| 5:27-32 | | 5:27-32 | 5:27-28 | 5:27-33 |
| | Ang Payo ni Gamaliel | Si Gamaliel | 5:29-32 | |
| 5:33-42 | 5:33-42 | 5:33-39a | 5:33-39a | Pamamagitan ni Gamaliel |
| | | | | 5:34-39a |
| | | 5:39b-42 | 5:39b-42 | 5:39b-41 |
| | | | | 5:42 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-6

**[1]Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari, [2]At inilingid ang *isang bahagi* ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. [3]Datapuwa't sinabi ni Pedro, "Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? [4]Nang yao'y *nananatili pa*, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Diyos." [5]At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking takot ang lahat ng nangakarinig nito. [6]At nagsitindig ang mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya sa labas at inilibing.**

**5:1 "Ananias"** Ang buong Hebreong pangalan ay maaaring Hananiah, na nangangahulugang "si YHWH ay mapagbibiyayang nagkaloob" o "si YHWH ay mapagbiyaya" (BDB 337).

▣ **"Safira"** Siya ang asawa ni Ananias. Ang pangalan sa Aramaiko ay nangangahulugang "maganda" Sila ay kapwa mananampalataya.

**5:2 "inilingid"** Ang katulad na di-karaniwang PANDIWANG ito (*nosphizomai*) ay ginamit sa Septuagint (LXX) ng Joshua 7:1 upang ilarawan ang kasalanan ni Achan. Si F. F. Bruce, sa kanayang komentaryo sa mga Gawa (NIC) ay gumawa ng komento na si Ananias ay sa naunang iglesiya habang si Achan ay sa Pananakop. Ang kasalanang ito ay may maaaring makasira ng buong iglesiya. Ang terminong ito ay ginamit rin sa Tito 2:10 sa mga alipin na nagnanakaw sa kanilang mga amo.

▣ **"dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol"** Ito ay tinularan kung ano ang ginawa ni Barnabas sa 4:37. Ang mag-asawang ito ay may kalayaan na ipagbili o hindi ipagbili ang kanilang mga personal na pagmamay-ari (cf. v. 4). Sila ay may kalayaan na magbigay ng ilan o lahat nito para sa gawain ng Panginoon. Sila ay walang karapatang magbigay ng ilan, ngunit kanilang inaangkin ang pagkakaloob ng lahat. Ang kanilang mga motibo at mga gawaing panloloko ay naghahayag ng kanilang puso (cf. 4c; Lucas 21:14). Ang Diyos ay tumitingin sa puso (cf. I Samuel 16:7; I Hari 8:39; I Cronica 28:9; Kawikaan 21:2; Jeremias 17:10; Lucas 16:15; Gawa 1:24; Roma 8:27).

**5:3 "Satanas. . .Banal na Espiritu"** Ito ay nagpapakita ng presensiya ng dalawang espiritwal na pwersa na umiiral sa ating mundo at ating mga buhay. Sa Efeso 2:2-3 (cf. Santiago. 4) ay nakatala ang tatlong kaaway ng sangkatauhan pagkatapos ng Genesis:

1. ang nalugmok na sistema ng mundo
2. a personal na manunukso
3. ating nalugmok na kalikasan

### NATATANGING PAKSA: SATANAS

Ito ay napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay nagpapahayag na hindi kaaway ng kabutihan, ngunit isang tagapaglingjod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng alternatibo at nag-aakusa rin sa sangkatauhan na kabuktutan. Mayroon lamang iisang Diyos (monoteismo), isang kapangyarihan, isang pinagmulan sa OT—YHWH.
2. Ang konsepto ng isang personal na kaaway ng Diyos ay nahubog sa interbiblikal (di-makanoniko) mga literatira sa ilalim ng impluwensya ng dalawahang relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa kalaunay, labis na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo at sa komunidad ng Essene (i.e., Dead Sea Scrolls).
3. Ang NT hinuhubog ang OT mga tema sa panay na nakabibigla, ngunit mga piling, mga kategorya. Kung ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa perspektibo ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra ay pinag-aralan at ibinalangkas ng magkakahiwalay),magkagayon ay labis na magkakaibang mga pananaw sa kasamaan ang maihahayag.

Kung, gayunpaman, ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag na biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon, samakatuwid higit sa mga pagbabago sa NT ay binabala sa dualismo ng Persia at Greco-Roman Espiritismo.

Kung ang isa ay magpapalagay ng katapatan sa banal na awtoridad ng Kasulatan, samkatuwid ang pagbabago sa NT ay

dapat tignan bilang isang progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapayag sa alamat ng mga Hudyo o kanluraning panitikan (Dante, Milton) na higit na makaimpluwensya sa konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. A n g Diyos ay pinili na hindi ipahayag ang lahat ng aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang pagyabong nito, ang layunin nito, ngunit Siya ay nagpahayag sa pagkatalo nito!

Sa OT ang terminong "satanas" o "taga-usig" (BDB 966) ay maaring maiuugnay sa tatlong grupo

1. Taong taga-usig (cf. I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6)
2. Mala-anghel na taga-usig (cf. Bilang 22:22-23; Job 1-2; Zacarias 3:1)
3. Mala-demonyong taga-usig (cf. I Chr. 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Tanging sa kalaunan, sa panahon ng intertestamental ang serpyente ng Genesis 3 kinilala bilang si Satanas (cf. *Book of Wisdom* 2:23-24; *II Enoch* 31:3), at maging sa kalaunay ito ay naging isang rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh.* 29a). Ang "anak na lalake ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa *I Enoch* 54:6. Binanggit ko ito, hindi upang pagdiinan at teolohikal na katumpakan nito, ngunit upang ipakita ang pagyabong nito. Sa NT ang mga OT aktibidad na ito ay ipinaparatang sa mala-anghel, binigyan katauhang kasamaan (cf. I Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

An g pinagmulan ng binigyan katauhang kasamaan ay napakahirap o imposibleng (depende sa iyong puntong pananaw) na malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay malakas na monoteismo ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng pinagmulan ay galing kay YHWH upang itanghal ang Kanyang natatangi at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Mga posibleng pinagkuhaan ng mga impormasyon ay mga (1) Job 1-2, kung saan si Satanas isa sa mga "anak na lalake ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14 at Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na silanganing mga hari (Babylonia at Tyre) ay posibleng ginamit upang ipakita ang yabang ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Naghahalo ang aking damdamin patungkol sa paglapit na ito. A n g Ezekiel ay ginagamit ang mga metapora sa Harden ng Eden, hindi lamang para sa hari ng Tyre bilang Satanas (cf. Ezek. 28:12-16), ngunit para rin sa hari ng Ehipto bilang ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezek. 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, paritkular ang mga vv. 12-14, ay waring naglalarawan sa isang malaanghel na pag-aaklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na ipahayag sa atin ang mga espisipikong kalikasan at pinagmulan ni Satanas, ito ay isang napakatagilid na paraan at lugar upang gawin ito. Dapat tayong magbantay laban sa kalakaran ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga parte ng magkakaibang testamento, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsama-samahin ang mga ito bilang mga bahagi ng isang banal na palaisipan.

Ako ay sumasang-ayon kay Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, apendise XIII [pp. 748-763] at XVI [pp.770-776]) na ang rabinikal na Judaismo ay labis na naimpluwensyahan ng dualismo ng Persia at malademonyong espekulasyon. Ang mga rabi ay hindi mabuting pinagmulan ng katotohan sa lugar na ito. S i Hesus ay radikal na humihiwalay mula sa katuruan ng Sinagoga sa lugar na ito. Naisip ko na ang konsepto ng malaarkanghel na kaaway ni YHWH ay nahubog mula sa dalawang mataas na mga Diyos ng Iraniang dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, at na kung saan ay hinubog ng mga rabi patungo sa biblikal na dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT bilang pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hindi bilang isang pagpapalawak na gaya ng sa mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang "digmaan sa langit." Ang pagbagsak ng Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanas tinalo ni Hesus at ipinatapon sa daigdig, siya ay gumagawa parin bilang tagapaglingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating pagkamausisa sa lugar na ito. Mayroong isang personal na pwersa ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon paring tanging nag-iisang Diyos at tayo ay responsible parin sa ating mga desisyon. Mayroong espiritwal na labanan, parehong bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maari lamang na dumating at manatili sa loob at sa pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at mawawala na sa hinaharap!

## NATATANGING PAKSA: PERSONAL NA KASAMAAN

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Theology,* pp. 300-306).
2. Ang pagkaunawa sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblical* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikal na Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan

ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman.*

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat

1. taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. demonyong tagapag-usig (I Chronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh*. 29a). Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikal, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaiah 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tirobilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, mabuti at masama. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang "digmaan sa kalangitan." Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggap!

▣ **"pinuspos"** Ito ay katulad na salita na ginamit sa Espiritu (cf. Efeso 5:18). Ang pagpupuspos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan! Tayo ay puspos ng ilang bagay (tingnan ang buong tala sa 5:17)! Si Satanas ay kasangkot, ngunit tayo ay may pananagutan (cf. Lucas 22:3-6). Iminumungkahi ko ang aklat na *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare*, ni Clinton E. Arnold. Kagulat-gulat na mayroong nagpapatuloy na satanikong impluwensya sa mga buhay ng mga mananampalataya (cf. Efeso 6:10-19; I Juan 5:18-19). Tingnan ang mas buong tala sa 2:4 at 3:10.

Ang pararilang ito (i.e., pinuspos ang iyong puso”) ay maaaring isang Hebreong wikain (cf. Esther 7:5; Eclesiastes 8:11; 9:3). Maraming mga iskolar ay ipinagpapalagay ng isang orihinal na Aramaiko sa mga naunang kabanata ng Gawa.

▣ **“upang magsinungaling sa Espiritu Santo”** Sila ay nagsinungaling kay Pedro at sa iglesiya, ngunit sa katotohanan, sila ay nagsinungaling sa Espiritu. Sa teolohiya, ito ay lubhang katulad kay Hesus na tinatanong si Pablo sa daan sa Damasco, “Bakit mo Ako inuusig?” (cf. Gawa 9:4). Inuusig ni Pablo ang mga indibidwal na mga mananampalataya, ngunit kinuha ito ni Hesus ng personal, na gaya ng Espiritu dito. Ito ay isang salita ng pagbababala sa makabagong mga mananampalataya.

**5:4** Ang talatang ito ay mayroong dalawang katanungan na inaasahan ang “oo” na mga sagot. Ito ay isang pang-gramatikong katangian, hindi isang isyu ng pagpapaliwanag.

▣ **“hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Diyos”** Hindi sa inilingid nila ang bahagi ng salapi, ngunit sila ay nagsinungaling upang sila ay magmukhang espiritwal. Pansinin na kahit na ang isang uri ng bukas-palad na gawain, na isinakatuparan na may masamang motibo, ay isang kasalanan (cf. Roma 14:23c). Pansinin na ang Banal na Espiritu na binanggit sa v. 3 dito ay tinawag na Diyos.

**5:5 “nahandusay at nalagot ang hininga”** Sa sinaunang mundo, ang huling hininga ay katibayan na ang espiritu ay lumisan na sa isang tao (cf. Mga Hukom 4:2; Ezekiel 21:7 sa LXX). Ang di-karaniwang terminong ito ay matatagpuan lamang sa NT sa Gawa (cf. 5:4,10; 12:23). Ito ay isang halimbawa ng pansamantalang paghahatol. Ito ay katulad sa paghahatol ng Diyos sa mga anak ni Aaron sa Levitico 10. Ang kasalanan ay hindi biro sa Diyos. Ito ay katumbas ng isang buhay (cf. II Hari 14:6; Ezekiel 18:4,20).

▣ **“sinidlan ng malaking takot ang lahat”** Ito ang maaaring layunin ng ganitong pansamantalang paghahatol. Ito ay maaaring maihambing sa mga kamatayan sa OT nina Nadab at Abihu sa Leviticus 10 at Uzzah ng II Samuel 6. Batay sa I Corinto 11:30; Santiago 5:20; at I Juan 5:16-17, ito ay maaaring ipalagay na ang ilang mga kasalanan ng mga mananampalataya ay magbubunga sa maaagang pagkamatay. Napakahirap ipanatili ang pagtitimbang sa pagitan ng kabanalan ng Diyos (pagkamataas) at Pagiging-ama ng Diyos (katangian).

**5:6 “kanilang inilibing”** Ang mga Hudyo ng unang siglo ay hindi nagsasagawa ng pag-eembalsamo (hindi pa rin nito ginagawa), maaaring dahils sa Genesis 3:19 (cf. Awit 103:14; 104:29). Ang isang tao ay kailangang dagliang mailibing, kadalasan sa loob ng isang araw.

Dahil sa kasalanang ito, hindi nagkaroon ng pag-ala-alang gawain o ibang pang-Kristiyanong seremonya.

## NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGLILIBING

I. Mesopotamia
   A. Ang tamang paglibing ay napaka-halaga sa isang maligayang kabilang-buhay.
   B. Ang isang halimbawa ng sumpa sa Mesopotamia ay, “Nawa ay hindi tangapin ng lupa ang iyong mga labi.”

II. Lumang Tipan
   A. Ang tamang paglibing ay napaka-halaga (cf. Ecclesiastes 6:3).
   B. Ito ay ginagawa ng napakabilis (cf. Sara sa Genesis 23 at Rachel sa Genesis 35:19 at tingnan ang Deuteronomio 21:23).
   C. Ang di-tamang paglibing ay isang tanda ng pagtangi at kasalanan.
      1. Deuteronomio 28:26
      2. Isaias 14:20
      3. Jeremias 8:2; 22:19
   D. Ang paglibing ay ginagawa kung maaari, sa yungib ng pamilya sa lugar ng kamag-anakan.
   E. Walang pag-i-embalsamo, tulad sa Ehipto. Ang sangkatauhan ay naggaling sa alabok at kailangang bumabalik sa alabok (ex. Genesis 3:19; Awit 103:14; 104:29).
   F. Sa Rabinikal na Judaismo, mahirap timbangin ang tamang paggalang at pangangalaga ng katawan kasama na may kaalaman sa pang-seremonyang pagdungis na kaugnay ng mga labi.

III. Bagong Tipan
   A. Ang paglibing ay mabilis na isinusunod pagkatapos mamatay, kadalasang sa loob ng dalawampu’t apat na oras. Ang mga Hudyo ay kadalasang binabantayan ang libingan ng tatlong araw, sa paniniwalang ang kaluluwa ay maaaring bumalik sa loob ng tinakdang oras. (cf. Juan 11:39).
   B. Ang paglibing ay kinabibilangan ng paglilinis at pagbabalot sa katawan ng mga panimpla. (cf. Juan 11:44; 19:39-40).
   C. Walang pagkakaiba ang pang-Hudyo o Kristiyanong mga gawi sa paglilibing o sa mga bagay na inilalagay

sa libingan sa unang siglong Palestina.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:7-11

**[7]At may tatlong oras ang nakaraan, nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. [8]**
**At sinabi sa kaniya ni Pedro, "Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa". At sinabi niya, "Oo, sa**
**gayon." [9]Datapuwa't *sinabi* sa kaniya ni Pedro, "Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng**
**Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka**
**sa labas". [10]At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga**
**kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa.**
**[11]At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito.**

**5:7 "may tatlong oras ang nakaraan"** Ito ay nagpapakita ng kalinawan ng tala ng isang nakaitang saksi. Ang sulat ni Lucas ay makikilala sa kanyang pagbibigay-pansin sa mga detalye. Ito ay nagpapakilala kapwa sa paraan ng kanyang pagsulat at mga pamamaraan sa pananaliksik (i.e., mga pakikipanayam sa mga saksing nakakita).

**5:8** Sa pangsisinungaling, ang pagkukunwari ay nagpapatuloy!

**5:9 "tuksuhin"** Sa isang kabubuang kaunawaan, ito ay isang pagsubok sa presensya at kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang personal na presensya ng Diyos Ama sa mundo (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2). May mga pansamantalang kahihinatnan, gayundin ang mga panghabangbuhay na kahihinatnan para sa pagtukso/pagsubok sa Espiritu! Ang dalawang ito ay hindi naisaisip na ito ay pagsisinungaling sa Espiritu, ngunit nalaman ni Pedro.

Mayroong dalawang Griyegong termino na ginamit upang ipakahulugan ang pagsubok. Ang isang ito ay nangangahulugang "subukin na may pananaw patungo sa pagkawasak." Ito ay maaaring magpahiwatig ng Exodo 17:2 at Deuteronomio 6:16, kung saan ang mga teksto ay nagbababala laban sa panunukso/pagsubok/pagsusuri kay YHWH (cf. Awit 78:18,41,56).

## NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA PAGSUSURI AT KANILANG MGA KAHULUGAN

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*
   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon. Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT
   a. lalaking baka – Lucas 14:19
   b. ang ating sarili – I Corinto 11:28
   c. ang ating pananampalataya – Santiago. 1:3
   d. kahit na ang Diyos – Hebreo 3:9

   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. Roma 2:18; 14:22; 16:10; II Corinto 10:18; 13:3; Filipinos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na:
   a. karapat-dapat
   b. mabuti
   c. dalisay
   d. mahalaga
   e. marangal
2. *Peirazō, Peirasmus*
   Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.
   a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18).
   b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanasas sa Mateo 4:3; I Thesalonica 3:5.

   Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12)

[o si Kristo cf. I Corinto 10:9]. Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29). It ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I Corinto 7:5; 10:9, 13; Galacia 6:1; I Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9). Ipinapahintulot ng Diyos ang tatlong kaaway ng sangkatauhan (i.e., ang sanglibutan, ang laman, at ang demonyo) upang maihayag sa tiyak na panahon at lugar.

**5:10** Ang termino na ginamit upang ilarawan ang "mga batang lalaki" (*neōteroi*) sa v. 6 ay naiiba sa terminong *neanikoi* sa v. 10. Ito ay di matiyak kung ito ay isa lamang kaibahang pang-may-akda o isang ibang pangkat ng mga batang lalaki sa iglesiya. Ang kapwa Griyegong salita ay nanggaling sa katulod na salitang ugat (*neos*).

**5:11 "sinidlan ng malaking takot. . . ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito"** Ginamit ni Lucas ang karaniwang salita na *phobos* nang maraming beses sa pangkalahatang pagkakaunawa (cf. Lucas 1:69; 3:37; Gawa 19:17). Para sa mga mananampalataya ito ay isang diwa ng paggalang, pagpipitagan, at paghanga, ngunit para sa mga di-mananampalataya, ito ay isang diwa ng pag-aagam-agam, takot, at kilabot (cf. Lucas 12:4-5; Hebreo 10:31).

▣ **"iglesiya"** Ito ang unang pagkakataon na ang terminong ito ay ginamit sa Gawa, bagaman ito ay nasa Textus Receptus sa 2:47. Tingnan ang Natatanging Paksa sa susunod.

## NATATANGING PAKSA: IGLESIYA (*EKKLESIA*)

Ang Griyegong salitang ito na, *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita na, "na labas" at "tinawag," samakatuwid, ang salita ay nagpapahiwatig sa kanilang mga tinawag ng Diyos. Ang naunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na pagkagamit (cf. Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang pagkagamit sa Septuagint ng salitang ito ay para sa "pagtitipun-tipon ng mga tao" ng Israel (*Qahal*, BDB 874, cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang mga sarili bilang isang pagpapatuloy ng mga OT na tao ng Diyos. Sila ang bagong Israel (cf. Gawa 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng pandaigdigang misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

Ang salitang ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa mga Ebanghelyo at Gawa.
1. Sekular na pagpupulong sa bayan, Gawa 19:32,39,41
2. pangkalahatang tao ng Diyos kay Kristo, Mateo 16:18 at Efeso
3. isanng lokal na pagtitipon ng mga mananampalataya kay Kristo, Mateo 18:17; Gawa 5:11 (sa mga talatang ito ang iglesiya na nasa Herusalem)
4. pinag-sama-samang mga tao ng Israel, Gawa 7:38, sa pagpapahayag ni Stefano
5. ang mga tao ng Diyos sa isang dako, Gawa 8:3 (Judah o Palestino)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:12-16

[12]**At sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay ginawa ang maraming tanda at kababalaghan sa gitna ng mga tao: at nangaroon silang lahat na nangagkakaisa sa portiko ni Salomon.** [13]**Datapuwa't sinoman sa mga iba ay hindi nangangahas na makisama sa kanila: bagaman sila'y pinapupurihan ng bayan;** [14]**At ang mga nagsisisampalataya ay lalo pang *nangaparagdag* sa Panginoon, ang mga karamihang lalake at babae:** [15]**Na ano pa't dinala nila sa mga lansangan ang mga may-sakit, at inilagay sa mga higaan at mga hiligan, upang, pagdaan ni Pedro, ay maliliman man lamang ng anino niya ang sinoman sa kanila.** [16]**At nangagkatipon din naman ang karamihang mula sa mga bayang nangasa palibotlibot ng Herusalem, na nangagdadala ng mga may-sakit, at ng mga pinahihirapan ng mga karumaldumal na espiritu: at sila'y pawang pinagaling.**

**5:12-16** Ito ay isang maikling kabuuan, na lubhang katangina ng Aklat ng mga Gawa (cf. 2:43-47 at 4:32-35).

**5:12 "maraming tanda at kababalaghan"** Ito ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK (deponent) NA MAY PAHIWATIG. Ang dalawang terminong ito ay makikita sa sipi ni Pedro mula sa Joel 2 sa Gawa 2:19. Ang mga himala ay paulit-ulit na nagaganap (cf. 2:43; 4:30; 5:12; 6:8; 7:36; 14:3; 15:20). Tandaan na ang mga mahimala ay hindi awtomatikong isang tanda ng pagka-Diyos (cf. Mateo 24:24; at II Tesalonica 2:9), ngunit ito ay isang paraan upang pagtibayin ang Kristiyanong mensahe, na sukdulang naiiba mula sa pagtuon at pagbibigay-diin ng Judaismo.

▣ **"nangaroon silang lahat na nangagkakaisa"** Tingnan ang tala sa 1:14. Ito ay mahalaga kay Lucas na paulit-ulit na bigyang-diin. Ito ay uliran ngunit hindi nagtagal nang mahabang panahon!

▣ **"sa portiko ni Salomon"** Ito ay isang bukas na haligi sa loob ng lugar ng Tempo na nasa tabi ng silangang pader sa

mga Korte ng mga Hential. Si Hesus ay kadalasan ring nagtuturo dito (cf. Juan 10:23). Ito ang lugar ng unang pagdakip kina Pedro at Juan.

**5:13**
**NASB "sinoman sa mga iba ay hindi nangangahas na makisama sa kanila"**
**NKJV, NRSV "wala sa kanila ang nangangahas sa sumama sa kanila"**
**TEV "wala sa labas ng pangkat ang nangahas na sumama sa kanila"**
**NJB "walang iba ang nangahas na sumama sa kanila"**

Ito ay isang di-kilalang parirala. Ito ay tila naglalarawan ng kasalungat ng panig ng "takot." Mayroong maraming pangkat ang itinalaga sa kontekstong ito (cf. vv. 12-16). Para sa karamihan, ang mga pangyayari ay nagdala sa kanila sa pananampalataya kay Kristo (cf. #5 at maaaring #6 at #7) o isang pagpapatibay ng pananampalataya kay Kristo (i.e., #3).

1. ang mga Apostol, v. 12
2. ang people, vv. 12,13
3. ang mga mananampalataya (i.e., in one accord in Solomon's portico), v. 12
4. ang natira (i.e., ang pamunuang Hudyo), v. 13
5. mga bagong mananampalataya, v. 14
6. ang may-sakit sa Herusalem, v. 15
7. ang may-sakit at nasanibang mula sa mga nakapaligid ng mga nayon, v. 16

Ang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAWATAS "mangahas" sa literal ay "idikit." Madalas na ginagamit ni Lucas ang terminong ito, ngunit sa iba't-ibang maraming mga kaunawaan. Dito, ito ay tumutukoy sa kanilang hindi pagiging kabilang ng isang bagong pangkat (i.e., mga mananampalataya kay Hesus bilang isang ipinangakong Mesias).

**5:14 "mga mananampalataya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang pangpapatuloy na pagkilos. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:40 at 3:16.

▣
**NASB, TEV,**
**NJB, NIV "sa Panginoon"**
**NKJV, NRSV "para sa Panginoon"**

Ang pang-gramatikong anyo (i.e., walong katayuang sistema) ay maaaring maunawaan bilang DATIBO ("para sa") o PANGTUNTON ("sa"). Sa ganang akin, ito ay isang paraan upang ipakita na ang mga mananampalataya ay pag-aari ng Panginoon. Tayo ay Kanyang pagmamay-ari, at Siya ay sa atin!

▣ **"babae"** Si Lucas ay may natatanging pagturing sa "babae," kapwa sa Ebanghelyo at Gawa (i.e., 1:14; 8:12; 16:1,13; 17:4,12,34; 18:2; 21:5). Si Hesus ay nagdudulot ng isang bagong kaunawaan sa dangal at kahalagahan sa mga kababaihan at mga bata.

▣ **"aylalo pang nangaparagdag *sa kanilang bilang*"** Madalas na ginagamit ni Lucas ang buod na mga pahayag ng paglago ng iglesiya (cf. 2:47; 5:14; 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20).

**5:15 "pagdaan ni Pedro, ay maliliman man lamang ng anino niya"** Ang mga himala sa yugtong ito ay karaniwan bilang isang paraan ng pagpapatibay ng ebanghelyo. Si Pedro ang maliwanag na tagapag-salita ng mga Apostol. Ang katulad na uri ng pagpapatunay, pagpapagaling din ay naganap sa pamamagitan ni Pablo (cf. 19:12).

Bilang mga nagpapaliwanag, dapat nating tandaan na ang mga himalang tanda ay ibinigay upang

1. ipakita ang kahabagan ng Diyos
2. ipakita ang katotohanan ng ebanghelyo
3. ipakita kung sino ang pinunong tinawag ng Diyos

Ang mga tandang ito ay ipinagkaloob sa isang partikular na kultura, para sa isang natatanging layunin. Dahil ginawa ng Diyos ito dito, ito ay hindi kusang nangangahulugang gagawin niya ito sa bawat yugto ng kasaysayan sa bawat kultura. Hindi sa ang Diyos ay hindi aktibo sa bawat panahon o may mas kakaunting kahabagan, ngunit upang ang tao ng Diyos ay matutong lumakad sa pananampalataya at hindi sa pagkakita! Ang mga himala ay nagpapatuloy, ngunit ang kaligtasan ng mga makakasalanan ay kailangang pinakamataas na layunin, hindi ang pisikal na pagpapagaling sa kanila mamamatay pa rin!

Ito ay tila para sa akin, ang Diyos ay hindi nagbago. Ang Kanyang katangian, kapangyarihan, kahabagan, at hangarin na ang lahat ay maligtas ay nananatiling katulad, ngunit sa pagtingin sa kasaysayan, sa teolohiya, mayroong dalawang pangunahing mga yugto ng maigting, di-karaniwang mga tanda, kapwa mula sa Diyos at kay Satanas.

1. nakapalibot sa panahon ng pagkakatawang-tao at paglago ng naunang iglesiya
2. mga naunang pangyayari sa pagwawakas ng panahon habang ang mga mananampalataya ay mapapasailalim ng kakilakibot na pag-uusig

Nais kong sipiin si A. T. Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, tomo III, p. 62

"Walang, natitiyak ko, bisa o kapangyarihan sa anino ni Pedro. Yan ay pananampalataya na may pamahiin,

tiyak ko, gaya ng mga katulad ng yugto na nangyari sa mga Ebanghelyo (Mateo 9:20; Marcos 6:56; Juan 9:5) at ang paggamit sa panyo ni Pablo (Gawa 19:12). Kinikilala ng Diyos kahit na ang mapamahiing pananampalataya kung ito ay tunay na pananampalataya sa kanya. Kakaunting mga tao ay lubusang malaya sa pamahiin."

**5:16 "sila'y pawang pinagaling"** Ito ay isang DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahayag na ang bawat-isa ay pinagaling (ang kinatawan ay hindi pinahayag, ngunit maaaring ang Espiritu) ang isa sa isang pagkakataon, paulit nang paulit, hanggang wala nang natira!

Ito ay isang buod na uri ng pahayag. Kukunin ba natin ito ng literal (i.e., bawat-isa)? Kailangan ni Hesus ang pananampalataya o gamiting ang pagpapagaling upang (1) sanayin ng mga alagad o (2) maging sanhi upang makinig ang mga tao.

Ito ay nakakagulat para sa sakin na hindi lahat ng napagaling sa NT ay kasabay na "naligtas" (i.e., pagtitiwala kay Kristo at may buhay na walang hanggan). Ang pisikal na pagpapagaling ay isang mahinang pamalit para sa espiritwal na kaligtasan. Ang mga himala ay tanging tunay makakatulong kung sila ang magdadala sa atin sa Diyos. Ang lahat ng mga tao ay nabubuhay sa isang napahamak na mundo. Nangyayari ang mga masasamang bagay. Kadalasang pinipili ng Diyos na hindi na makialam, ngunit ito ay walang sinasabi patungkol sa Kanyang pag-ibig at pagmamalasakit. Mag-ingat sa paghingi ng mahimalang pagkilos ng Diyos sa bawat pagkakataon sa kasalukuyang masamang panahong ito. Siya ay makapangarihan at hindi natin natataman ang buong kahihinatnan ng anumang kalagayan.

Sa puntong ito, nais kong idagdag ang aking mga komentaryo mula sa II Timoteo 4:20 patungkol kay Pablo at sa pisikal na pagpapagaling (tingnan sa www.freebiblecommentary.org ) :

"Napakaraming katanungan ang nais nating itanong sa mga manunulat ng NT. Ang isang paksa na isinaalang-alang ng mga mananampalataya ay ang pisikal na pagpapagaling. Sa Gawa (cf. 19:12; 28:7-9), si Pablo ay nakakapagpagaling, ngunit dito at sa II Corinto 12:7-10 at Filipos 2:25-30, siya ay tila walang kakayahan. Bakit ang ilan ay napagaling at hindi lahat, at mayroon bang yugto ng panahon na kaugnay sa pagpapagaling na nagsara na?

Ako ay tinyak na naniniwala sa isang mapagmahal, mahabaging Ama na nagsasagawa ng pagpapagaling sa pisikal gayundin sa espiritwal, ngunit ang pagpapagaling na aspeto ay tila umiiral at ngayon ay kapansinpansi ang pagkakawala? Hindi ako naniniwala na ito may kaugnayan sa pantaong pananampalataya, dahil tiyakang may pananampalataya si Pablo (cf. II Corinto 12). Nararamdaman ko na ang pagpapagaling at paniniwala sa mga himala ay nagpapatibay ng pagiging totoo at mabisa ng ebanghelyo, na gaya ng ginagawa nito sa mga lugar na kung saan una itong ipinangaral. Gayunman, nararamdaman ko na nagnanais ang Diyos na tayo ay lumakad sa pananampalataya at hindi sa paningin lamang. Gayundin, ang pisikal na sakit ay kadalasang pinahihintulutan sa mga buhay ng mga mananampalatay (1) bilang pansamantalang pagpaparusa sa kasalanan; (2) bilang mga kinahihinatnan ng buhay sa naglugmok na mundo; at (3) upang tulungan ang mga mananampalataya paglagong espiritwal. Ang aking suliranin ay kung hindi ko nalalaman kung ano ang kasangkot! Ang aking panalangin na maganap ang kalooban ng Diyos sa bawat pagkakataon ay hindi isang kakulangan ng pananampalataya ngunit isang tapat ng pagtatangka na hayaan ang mapagbiyaya, mahabaging Diyos na maisakatuparan ang Kanyang kalooban sa bawat buhay."

▣ **"mga masamang espiritu"** Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO (MASAMANG ESPIRITU)

A. Ang mga sinaunang tao ay mga *animists*. Kanilang inuugnay ang mga sariling katangiang pantao sa mga puwersa ng kalikasan, mga hayop at likas na mga bagay. Ang buhay ay naipaliwanag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga espirituwal na nilalang ng sangkatauhan.

B. Ang pagbibigay ng katauhang ito ang naging *polytheism* (maraming diyos). Karamiwang ang mga demonyo (*genii*) ay mga mababang uring diyos o *demigods* (mabuti o masama) na nakaka-apekto sa bawat pamumuhay ng mga tao.
   1. Mesopotamia, ganap na kaguluhan at tunggalian
   2. Ehipto, kaayusan at tungkulin
   3. Canaan, tingna si W. F. Albright sa kanyang *Archaeology and the Religion of Israel*, Ika-5 Edisyon, pp. 67-92

C. Ang OT ay hindi nagtatalakay o nagsusulong ng paksa patungkol sa mga mababang uring diyos, mga anghel, o ang demonyo, marahil ay dahil sa pagiging mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos o *monotheism* (cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Micah 7:18). Binabanggit nito ang mga bulaang diyos ng mga paganong bansa (Shedim, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan.
   1. *Se'im* (mga buktot o mabalahibong demonyo, cf. Levitico 17:7; II Cronika 11:15)
   2. *Lilith* (babae, isang mapanlinlang na demonyo, cf. Isaias 34:14)

3. *Mavet* (Hebreong salita para sa kamatayan na ginamit para sa diyos ng Canaan sa kalaliman ng lupa, *Mot*, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; and possibly Deuteronomio 28:22)
4. *Resheph* (salot, cf. Deuteronomio 32:24; Awit 78:48; Habakuk 3:5)
5. *Dever* (peste, cf. Awit 91:5-6; Habakuk 3:5)
6. *Az'azel* (di-tiyak na pangalan, ngunit maaaring isang demonyo sa disyerto o pangalan ng lugar, cf. Levitico 16:8,10,26) (Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, tomo 5, p. 1523.)

Datapwat, walang dualismo o pagsasariling maka-anghel mula kay YHWH ang matatagpuan sa OT. Si satanas ay isang alipin ni YHWH (cf. Job 1-2; Zecharias 3), hindi isang nagsasariling kaaway na may pansariling pamamahala (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

D. Ang Judaismo ay lumago sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya (586-538 B.C.). Ito ay nahikayat sa teolohiya ng mga Persyanong kinakatawang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos na si Mazda o Ormazd at ang masamang katunggaling si Ahriman. Pinahintulutan nito sa loob ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon ang kinakatawang dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at si Satanas at ang kanyang mga anghel o mga demonyo.

Ang teolohiya ng Judaismo ng kinatawang kasamaan ay ipinaliwanag at mahusay na itinala ni Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Hesus the Messiah*, tomo 2, dahong-dagdag XIII (pp. 749-863) at XVI (pp. 770-776). Ang Judaismo ay kinakatawan ang kasalanan sa tatlong mga kaparaanan.
1. Satanas o Sammael
2. ang masamang hangarin (yetzer hara) sa loob ng sangkatauhan
3. ang Anghel ng Kamatayan

Pinapakilala nito ni Edersheim bilang (1) ang Tagapagsumbong; (2) ang Tagapagtukso; and (3) ang Tagapagparusa (tomo 2, p. 756). Ito ay isang tinandaang pagkakaiba sa teolohiya sa pagitan ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon at ng pagpapakilala ng at pagpapaliwanag ng kasalanan sa NT.

E. Ang NT, lalo na sa mga Ebanghelyo, ay binibigyang-diin ang pag-iral at pagsalungat ng mga masasamang Espirituwal na nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo, si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban, pamumuno, at kaharian ng Diyos.

Hinarap at pinalayas ni Hesus ang mga demonyong nilalang, tinatawag ding (1) mga karumal-dumal na espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) mga masasamang Espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2), na galing sa mga tao. Si Hesus ay maliwanag ang ginawang kaibahan sa pagitan pagkakasakit (pisikal at mental) at ang demonyo. Ipinahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at espirituwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkakilala at pagpapaalis sa mga masasamang espiritu. Kadalasang nilang nakikilala Siya at nagtatangkang kausapin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang patotoo, inutusang manahimik, at pinalayas. Ang mga pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

May nakakakagulat na kakulangan ng kaalaman sa mga sulat ng mga Apostol sa NT sa paksang ito. Ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi kailanman nakatala bilang isa sa espirituwal na kaloob, o isa sa kaparaanan o tuntuning ipagkakaloob sa mga susunod na mga salinlahi ng mga mangangaral o mga mananampalataya.

F. Ang kasamaan ay totoo; ang kasamaan ay personal; ang kasamaan ay umiiral. Maging ang kanyang simula o ang kanyang layunin ay hindi naihayag. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng kanyang katunayan at tahasang tinututulan ang kanyang impluwensya. Walang tunay na dualismo sa katotohanan. Ang Diyos ay nakapangyayari nang lubusan; ang kasamaan ay talunan at nahatulan na at tatanggalin sa mga linikha.

G. Kailangang labanan ng mga tao ng Diyos ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hindi dapat sila supilin nito (cf. I Juan 5:18), ngunit maaari silang matukso at ang kanilang patotoo and impluwensiya ay mapinsala (cf. Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay isang hayag na bahagi ng pangmundong pananaw ng mga Kristiyano. Ang makabagong Kristiyano ay walang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasamaan (ang *demythologizing* ni Rudolf Baltmann); gawing hindi personal ang kasamaan (ang panlipunang kayarian in Pablo Tillich), o tangkaing ipaliwanag nang lubusan sa pamamagitan ng mga salitang sikolohikal (Sigmund Freud). Ang kanyang impluwensya ay mapanghikayat, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAALIS NG DEMONYO

Ang pagpapalayas ng demonyo ay karaniwang sa panahon ni Hesus, ngunit ang mga pamamaraan ni Hesus ay malaki ang pagkakaiba. Ang Kanyang pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng Bagong Panahon. Ang mga rabbi ay gumagamit ng mga mahika (tingnan si Alfred Edersheim, *the Life and Times of Jesus, The Messiah*, tomo 2, Dagdag-Dahon XIII, pp. 748-763; XVI, pp. 770-776), ngunit Hesus ay gumagamit ng Kanyang sariling awtoridad. Mayroong lubhang pagkaligalig at masamang kabatiran ang kumakalat ngayon patungkol sa pagpapaalis ng demonyo at ang demonyo. Bahagi

ng suliraning ito ay ang NT ay hindi tinatalakay ang mga isyung ito. Bilang isang pastor, hinahangad ko ang mas maraming pang inpormasyon sa paksang ito. Nandito ang ilang mga aklat na aking pinagkakatiwalaan.

1. *Christian Counseling and the Occult*, Kurt E. Koch
2. *Demons in the World Today*, Merrill F. Unger
3. *Biblical Demonology*, Merrill F. Unger
4. *Principalities and Powers*, John Warwick Montgomery
5. *Christ and the Powers*, Hendrik Berkhof
6. *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare* by Clinton Anton

Nakakagulat ito na nag pagpapalayas ng demonyo ay hindi nakatala bilang isa sa mga espiritwal na kaloob at ang paksa ay hindi tinatalakay sa mga sulat ng Apostol. Ako ay naniniwala sa isang biblikal na pananaw sa mundo na kinapapalooban ng espiritwal na bahagi (i.e., mabuti at masama), na nandito at umiiral sa pisikal na mundo (i.e., Job 1-2; Daniel 10; Efeso 6:10-18). Samakatuwid, ang Diyos ay piniling hindi ihayag ang mga espisipikong ito. Bilang mga mananampalataya tayo ay taglay ang lahat ng inpormasyon na kailangan natin upang mabuhay ng maka-Diyos, mabungang pamumuhay para sa Kanya! Ngunit ang ilang mga paksa ay hindi naihayag o yumabong.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:17-26

**[17]Datapuwa't nagtindig ang dakilang saserdote, at ang lahat ng kasama niya (na siyang sekta ng mga Saduceo),**
**at sila'y nangapuspos ng kainggitan, [18]At kanilang sinunggaban ang mga apostol, at kanilang inilagay sila sa**
**bilangguang bayan. [19]Datapuwa't nang gabi na ay binuksan ng isang anghel ng Panginoon ang mga pintuan ng**
**bilangguan, at sila'y inilabas, at sinabi, [20]"Magsihayo kayo, at magsitayo kayo sa templo, at sabihin ninyo sa bayan**
**ang lahat ng mga salita ng Buhay na ito." [21]At nang marinig nila *ito*, ay nagsipasok sila sa templo nang**
**magbubukang liwayway, at *nangagturo*. Datapuwa't dumating ang dakilang saserdote, at ang mga kasamahan niya,**
**at pinulong ang sanedrin, at ang buong senado sa mga anak ni Israel, at *nagpautos* sa bilangguan upang sila'y**
**dalhin doon. [22]Datapuwa't ang mga punong kawal na nagsiparoon ay hindi sila nangasumpungan sa bilangguan; at**
**sila'y nangagbalik, at nangagbigay alam, [23]Na sinasabi, "Aming naratnang totoong mabuti ang pagkalapat ng**
**bilangguan, at nangakatayo sa mga pintuan ang mga bantay: datapuwa't ng aming mabuksan, wala kaming**
**nasumpungang sinoman sa loob." [24]Nang marinig nga ang mga salitang ito ng *puno* sa templo, at ng mga pangulong**
**saserdote, ay nangalitong totoo tungkol sa mga ito kung ano ang magiging wakas niyaon. [25]At may dumating na isa**
**at nagsabi sa kanila, "Narito, ang mga lalaking ibinilanggo ninyo ay nangakatayo sa templo at nangagtuturo sa**
**bayan." [26]Nang magkagayo'y naparoon ang pangulo na kasama ang mga punong kawal, at sila'y dinalang hindi sa**
**pilitan: (sapagka't nangatatakot sa bayan, baka sila'y batuhin).**

**5:17 "sila'y nangapuspos ng kainggitan"** Ang Griyegong salita ay payak na nangangahulugang "kumulo." Samakatuwid, ang konteksto ay nagsasabi sa atin na ito ay kasigasigan o kainggitan. Ito ay nagpapakita ng tunay na udyok ng mga pang-relihiyong pinuno, kainggitan! Sa ebanghelyo ni Lucas, ang pangunahing mga kaaway ni Hesus ay ang mga Fariseo, ngunit sa Gawa ang mga kaaaway ng Kanyang mga tagasunod ay mga Sadduceo.

Ang PANDIWANG "napuspos" ay ginagamit sa magkakaibang mga pamamaraan ni Lucas upang ipakita ang kung anong pagpapakilala o paglalarawan ng isang tao o kinakatawang nilalang.

1. Juan de Bautista, kahit na bago siya ipinanganak, ay napuspos ng Banal na Espiritu – Lucas 1:15
2. si Elizabeth ay napuspos ng Banal na Espiritu – Lucas 1:41
3. si Zacharias ay napuspos ng Banal na Espiritu –Lucas 1:61
4. ang lahat ng nasa Sinagoga na nakarinig kay Hesus na nagsalita ay napuspos ng poot – Lucas 4:28
5. silang nasa bahay kung saan ang paralitiko ay ibinaba sa bubungan ay napuspos ng takot – Lucas 5:26
6. ang mga Fariseo at mga Eskriba na naglalakbay kasama ni Hesus nang Sabbat ay napuno ng poot – Lucas 6:11
7. silang nasa itaas na silid sa Pentecost ay napuspos ng Banal na Espiritu – Gawa 2:4
8. silang nakarinig kay Pedro na nagsalita sa templo ay napuno ng pagkamangha – Gawa 3:10
9. si Pedro na nagsasalita sa harapan ng Sanhedrin ay napuno ng Banal na Espiritu – Gawa 4:8
10. ang lahat na nasa itaas na silid ay napuspos ng Banal na Espiritu – Gawa 4:31
11. si Satanas ay pinuspos ang puso nina Ananias at Safira – Gawa 5:3
12. sina Pedro at Juan ay muling nagsalita sa Sanhedrin at sila ay napuno ng panibugho – Gawa 5:17
13. ang Herusalem ay napuspos ng ebanghelyo – Gawa 5:28
14. ang pito na puno ng Espiritu at karunungan – Gawa 6:3
15. si Esteban na puno ng pananampalataya at Banal na Espiritu – Gawa 6:5,8; 7:55
16. si Ananias ay nagpatong ng kamay kay Saul/Pablo at siya ay napuspos ng Banal na Espiritu – Gawa 9:17
17. si Pablo ay nangaral na puspos ng Espiritu – Gawa 13:9
18. napuspos nang kainggitan ang karamihan ng tao na pinangaralan ni Pablo – Gawa 13:45
19. ang mga alagad ay nagpatuloy na mapuspos ng kagalakan at Banal na Espiritu – Gawa 13:52
20. ang Efeso ay napuno na alinlangan – Gawa 19:29 Sa presensiya ng ebanghelyo, ano ang "pumupuspos" sa iyo?

**5:18** Ang mga unang kabanatang ito ng Gawa ay nagpapakita ng mga suliranin na kinakaharap ng sinaunang iglesiya. Ang mga suliranin ay nagkakaiba mula sa bawat panahon, sa bawat kultura, ngunit ang Diyos ay para sa atin, kasama natin, at pinapalakas tayo upang makapanaig. Walang anumang bagay—bilangguan, pagtatangkang pagpapahiya, mga pagbabanta, atbp.—ang maaaring makapagnakaw sa mga mananampalataya sa presensya at kapayapaan ni Kristo (cf. Roma 8:31-39).

**5:19 "isang anghel ng Panginoon"** Ang pariralang ito ay ginamit sa dalawang paraan sa OT.

1. isang anghel (cf. Genesis 24:7,40; Exodo 23:20-23; 32:34; Bilang 22:22; Hukom 5:23; I Samuel 24:16; I Cronica 21:15ff; Zacarias 1:28)
2. bilang isang paraan sa pagtukoy kay YHWH (cf. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19; Hukom 2:1;6:22-24; 13:3-23; Zacarias 3:1-2)

Madalas na ginagamit ni Lucas ang parirala (cf. Lucas 1:11,13; 2:9; Gawa 5:19; 7:30; 8:26; 12:7,11,23; 10:3; 27:23), ngunit sa kaunawaan ng #1 sa itaas. Ang NT ay hindi gumagamit ng kaunawaan ng #2, maliban sa Gawa 8:26 at 29, kung saan, "ang isang anghel ng Panginoon" ay nakaagapay sa Banal na Espiritu.

▣ **"binuksan ang mga pintuan ng bilangguan"** Ito ay katulad sa karanasan ni Pablo at Silas sa Filipos (cf. Gawa 16:26). Sa maraming paraan, ang buhay ni Pedro ay kaagapay ng kay Pablo. Ito ay layuning pampanitikan ni Lucas.

**5:20 "Magsihayo at magsitayo, at sabihin ninyo"** Ang mga ito ay ginagamit bilang tatlong MGA PAUTOS.

1. Magsihayo, PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS
2. Magsitayo, AORIST BALINTIYAK PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS (Friberg's, *Analytical Greek New Testament*, p. 379)
3. Sabihin, PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS

Ang anghel ay mayroong misyong pang-ebanghelyo para sa sinaumang iglesiya (at para sa iglesiya sa kasalukuyan).

▣ **"sabihin ninyo sa bayan"** Ito ay ang pangunahing layunin ng gawain ng mga Apostol. Ang katapangan (tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:29), hindi pagkatakot, ang nagpapakilala ng kanilang mga buhay na puspos ng espiritu.

▣
**NASB** **"mga salita ng Buhay na ito"**
**NKJV** **"lahat ng mga salita ng buhay na ito"**
**NRSV** **"ang buong mensahe patungkol sa buhay na ito"**
**TEV** **"ang lahat ng patungkol sa bagong buhay na ito"**
**NJB** **"ang lahat ng patungkol sa bagong Buhay na ito"**

Ang pariralang ito ay tumatalakay patungkol sa bagong buhay (*zōe*, walang hanggang-buhay) na matatagpuan lamang sa ebanghelyo ni Hesus Kristo. Sila ay pinalaya na kapwa sa espiritu (kaligtasan) at sa pisikal (paglaya sa bilangguan). Ngayon, ibabalita nila ang lahat sa lahat (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8)!

**5:21** Pansinin na ang napalaya nang higit sa karamihan ay hindi ipinapahiwatig na sila ay hindi na muling mabibilanggo. Kahit na ang pagtugon ng Diyos ay hindi nangangahulugan na ang lahat ng mga paghihirap ay malulutas o matatanggal sa ministeryo (cf. Mateo 5:10-12; Roma 8:17; I Pedro 4:12-16)

▣ **"ang sanedrin. . . ang buong senado sa mga anak ni Israel"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Sanhedrin sa 4:5. Kanino pumapatungkol ang "Senado"? Si Curtis Vaughan, sa *Gawa*, pp. 39-40, ay sinasabing ito ay mga pinuno ng Herusalem na hindi kabilang sa Sanhedrin sa kasalukuyang panahon (cf. M. R. Vincent, *Word Studies,* Vol. 1, p. 234), ngunit ang NASB at NIV na mga salin ay ipinapalagay na ang sanedrin at Senado ay magkasingkahulugan.

**5:23 "pagkalapat"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI. Ang paliwanag ay ang mga pinto ng bilangguan ay matibay at ang mga nagbabantay ay nakahanda (GANAP TAHAS NA PANDIWARI), ngunit ang mga bilanggo ay nawala.

**5:24 "sila ay nangalitong totoo"** Ginagamit ni Lucas ang terminong ito nang maraming beses. Ito ay isang pinaigting na anyo ng *aporeō* (cf. Lucas 24:4; Gawa 25:20) na may *dia* (cf. Lucas 9:7; Gawa 2:12; 5:24; 10:17). Ang kanyang pangunahing kahulugan ay pagduruda, kawalang-katiyakan, o kaguluhan.

▣ **"a mga ito kung ano ang magiging wakas niyaon"** Ang panggramatikong anyo ng parirala ay isang di-ganap na PANG-APAT NA URINGPANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (*an* na daragdagan ng AORIST NA PANGGITNANG [deponent] OPTATIBO). Ang OPTATIBONG PANAGANO na nagpapahayag ng kaguluhan (cf. Lucas 1:61-62; 3:15; 8:9; 15:26; 22:23; Gawa 5:24; 8:31; 10:17; 21:33, tingnan si James Allen Hewett, *New Testament Greek*, p. 195).

**5:26 “sapagka't nangatatakot sa bayan, baka sila'y batuhin”** Ito ay nagpapakita ng kabantugan ng sinaunang iglesiya (cf. v. 13; 2:47; 4:21) at ang pinanggagalingan ng nagpapatuloy na panibugho ng mga pinunong Hudyo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:27-32

**[27]At nang kanilang mangadala sila, ay kanilang iniharap sa Sanedrin. At tinanong sila ng dakilang saserdote,**
**[28]Na sinasabi: "Ibinala naming mahigpit sa inyo na huwag kayong mangagturo sa pangalang ito: at narito, pinuno**
**ninyo ang Herusalem ng inyong aral, at ibig ninyong iparatang sa amin ang dugo ng taong ito." [29]Datapuwa't**
**nagsisagot si Pedro at ang mga apostol at nangagsabi, "Dapat muna kaming magsitalima sa Diyos bago sa mga tao.**
**[30]Ibinangon ng Diyos ng ating mga magulang si Hesus, na siya ninyong pinatay, na ibinitin sa isang punong kahoy.**
**[31]Siya'y pinadakila ng Diyos ng kaniyang kanang kamay upang maging Principe at Tagapagligtas, upang magbigay**
**ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan. [32]At kami'y mga saksi ng mga bagay na ito; at *gayon* din**
**ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Diyos sa nagsisitalima sa kaniya."**

**5:28**
**NASB, NRSV,**
**TEV “ibinalang mahigpit”**
**NKJV “mahigpit na utos”**
**NJB “mahigpit na babala”**

Ang NKJV ay may “Ibinala naming mahigpit sa inyo na huwag kayong mangagturo sa pangalang ito,” na isang Griyegong kasulatang kaibahan na matatagpuan sa Griyegong tekstong $\aleph^{2}$, D, at E, ngunit hindi sa MSS P$^{74}$, $\aleph^{*}$, A, o B. Ang UBS$^{4}$ ay inilalagay ang NKJV na pagpili sa teksto, ngunit “hindi” sa mga panaklong. Ang katanungang ito ay inaasahan ang “oo” na kasagutan. Ang mga Apostol ay binalaan!

Ang kayarian ay isang Semitikong wikain (cf. Lucas 22:15) na katulad na MAGKAUGNAY NA AKUSATIBO sa Koine Griyego, kung saan ang PANDIWA (*parangellō*) at ang TUWIRANG LAYON (*parangelia*) ay mula sa katulad na salitang ugat. Ang kayariang ito ay nagpapaigting ng pangunahing kahulugan ng mga termino. Ito ay nakakawili na ang terminong ito sa Koine papyri na natagpuan sa Ehipto ay nangangahulugan ng isang opisyal ng pagtawag sa hukuman o isang utos mula sa hukuman (cf. Moulton at Milligan, *Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 481).

▣ **“ng taong ito”** Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng paghamak ng mga pinunong Hudyo. Hindi nila kailanman nabanggit ang pangalan ni Hesus. Ang Talmud ay tinatawag Siyang “si kuwan” (cf. M. R. Vincent, *Word Studies*, vol. 1, p. 234).

▣ **“sa amin ang dugo”** Sina Pedro at Juan ay nagpapatuloy na bigyang-diin na ang mga Hudyong pinuno ang nagpasimuno ng kamatayan ni Hesus (cf. v. 30; 2:33; 3:14-15; 4:10). Ito rin ang paratang ni Esteban sa 7:52.

**5:29 “kailangan”** Ang salitang *dei* ay nangangahulugang pang-moral na pangangailangan. Ito ay nagpapakita ng pananagutan ng mga Apostol na ipangaral ng katotohanan, na hindi isinasaalang-alang ang mga pangyayari (cf. 4:19). Tingnan ang buong tala sa 1:16.

**5:30 “Ang Dios ng ating mga magulang”** Ang mga sinaunang Kristiyanong ito ay naniniwalang sila ang tunay na espiritwal na mga tagapagmana at mga tagapagpatuloy ng OT bayan ng Diyos (cf. 3:13; Roma 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 3:5,9; Pahayag 1:6).

▣ **“Ibinangon si Hesus”** Ang NT ay nagpapahayag na ang Ama ang nagbangon kay Hesus (cf. Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9) na nagpapatunay ng katotohanan sa buhay at mga katuruan ni Hesus. Ito ay isang pangunahing aspeto ng *Kerygma* (cf. I Corinto 15).

Ito ay kailangan ding itala na ang NT ay naninindigan na ang Anak at ang Espiritu ay may kinalaman din sa dakilang pahayag na ito.

1. ang Anak – Juan 2:19-22; 10:17-18
2. ang Espiritu – Roma 8:11

▣ **“a siya ninyong pinatay, na ibinitin sa isang punong kahoy”** Ito ay nag-uugnay pabalik sa sumpa ng Deuteronomio 21:23. Ang mga pangrelihiyong pinuno ay ninanais na si Hesus, isang nagpapanggap na Mesias, upang dalhin ang sumpa ni YHWH. Si Hesus ang nagdala ng sumpa ng OT kautusan (i.e., ang kaluluwa na nagkasala ay tiyak na mamamatay [cf. Ezekiel 18:4,20] at lahat ng sangkatauhan ay nagkasala, cf. Roma 3:9-18, 23) para sa atin (cf. Galacia 3:13; Colosas 1:14). Si Hesus ang walang-kasalanang kordero ng Diyos na ipinagkaloob ang Kanyang sarili para sa nahiwalay na mundo (cf. Juan 1:29; II Corinto 5:21).

**5:31 "pinadakila ng Dios ng kaniyang kanang kamay"** Ang terminong "pinadakila" ay isinalin sa Juan 3:14 bilang "itinaas" at sa Filipos 2:9 bilang "mataas na pagdakila." Ang krus ay ang paraan ni Kristo sa pagdakila at tagumpay (cf. Colosas 1:15; II Corinto 2:14).

Ang antropomorpikong pariralang "kanang kamay" ay isang talinghaga para sa lugar ng kapangyarihan at awtoridad (cf. Mateo 26:64). Ang Diyos ay isang walang-hanggang Espiritu. Siya ay walang pisikal na katawan. Tingnan ang natatanging paksa sa 2:33.

▣ **"Prinsipe"** Ang talatang ito ay maliwaanag at tiyakang nagbibigay-diin sa pagka-Mesias ni Hesus. Ang katulad na terminong ito ay ginamit ni Hesus sa 3:15, kung saan ito ay isinalin na "May-akda" (NRSV). Ito ay maaaring mangahulugang "pinuno" "nangunguna" o "prinsipe." Ito rin ay ginagamit sa mga tagapagtatag ng isang paaralan o pamilya. (cf. Hebreo 2:10; 12:2). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:15.

▣ **"Tagapagligtas"** Ang terminong ito ay ginamit sa unang siglo Greko-Romanong mundo ni Caesar. Inaangkin niya na siya ay tagapagligtas ng kultura at kapayapaan. Ang isa pang termino na inaangkin ng mga Caesar para sa kanilang sarili, ngunit ginagamit nang tangi ng mga Kristiyano para kay Hesus, ay Panginoon (*kurios*).

Ang terminong ito na "Tagapagligtas" ay ginamit sa OT bilang isang termino para kay YHWH (cf. II Samuel 22:3; Awit 106:21; Isaias 43:4,11; 45:15,21; 49:26; 60:16; 63:8). Ang mga manunulat ng NT ay kadalasang binibigyang-diin ang pagka-Diyos ni Hesus sa pamamagitan ng paglalapat sa Kanya ng mga OT titulo ni YHWH. Pansinin kung paaano ginawa ito ni Pablo sa kanyang sulat kay Tito.

1. 1:3, "Diyos na ating Tagapagligtas"
2. 1:4, "Kristo Hesus na ating Tagapagligtas"
3. 2:10, "Diyos na ating Tagapagligtas"
4. 2:13, "ang ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, Kristo Hesus"
5. 3:4, "Diyos na ating Tagapagligtas"
6. 3:6, "Hesus Kristo na ating Tagapagligtas"

▣ **"pang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan"** Ito ay nagpapakita ng layunin ng kamatayan ni Hesus (cf. Lucas 24:47 at Gawa 2:38). Ito ay hindi karaniwang for sa mga may-akda ng NT na tukuyin ang pagsisisi bilang isang kaloob mula sa Diyos (cf. Gawa 11:18 [sa mga Hentil]; II Timoteo 2:25; at maaari rin sa Roma 2:4). Kadalasang ito ay isa sa mga kinakailangan sa Bagong Kasunduan para sa taon tatanggap ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:15 at Gawa 3:16,19; 20:21). Sa aking palagay, ito ay isang pampanitikang pamamaraan upang ipakita na ang Diyos ay nagnanais na ang lahat ng mga tao na linikha sa Kanyang larawan ay maligtas. Ito ay hindi isang isyu na kaugnay sa kapangyarihan ng Diyos.

Kadalasan, silang tumutuon lamang sa bahagi ni Diyos sa Bagong Kasunduan ay ginagamit ang talatang ito upang patunayan na ang kaligtasan ay lahat sa Diyos at hindi kinasasangkutan ng kahit anong pakikilahok sa bahagi ng sangkatauhan. Subalit, ito ay isang mabuting halimbawa ng pagpapatunay sa teksto ng isang talata upang umakma sa inaakalang sistema ng teolohiya. Ang Bibliya ay maliwanag na nagbibigay-diin sa pagiging-una at pangangailangan ng pagpapauna ng Diyos, ngunit ito rin ay naghahayag na ang konsepto ng "kasunduan" ay pinakamabuting inilalarawan ang Kanyang piniling huwaran kung paano makipag-ugnayan sa nangangailangang sangkatauhan. Ang kalayaan ay isang kaloob na ibinigay ng Diyos sa paglalang. Ang Diyos ay hindi sinasalungat ang kanyang kaloob/pananagutan (cf. Roma 2:4; II Corinto 7:10). Siya ay lumapit sa atin, humikayat sa atin, gumawa kasama natin, at nagkaloob ng paraan ng katubusan (cf. Juan 6:44,65). Ngunit ang nalugmok na sangkatauhan ay kailangang tumugon at magpatuloy na tumugod sa pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagpapagal.

Ito ay isang nakakawiling sipi mula kay Frank Stagg, *New Testament Theology*, p. 119:

> "Ang mga tao ay hindi makakamit ngunit tatanggap lamang ng pagsisisi, gayunman, kailangan nila itong tanggapin. Sa pamamagitan ng pananampalataya ang isang tao ay tinatanggap si Kristo sa kanyang pinakaloob ng pagkatao; at Kristo, bilang isang nakakapagpabagong presensya ay sinasalungat ang patutunguhan ng buhay na ito mula sa sariling pagtitiwala patungo sa pagtitiwala sa Diyos, mula sa pagtitiwala sa sarili hanggang sa pagtanggi sa sarili. Ang pagbabagong-buhay na ito ay ang kabaliktaran ng Pagkahulog, kung saan ang tao ay naghahanap ng buong kahulugan ng kanyang pag-iral sa kanyang sarili."

**5:32** Maraming pagakakataon sa Gawa, si Pedro ay sumasangguni sa katotohanan na ang mga Apostol at mga disipulo ay mga saksi sa buhay at kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Sa kontekstong ito, kanyang idinagdag na, "ang Banal na Espiritu" bilang saksi. Ito ay maaaring isang paraan ng dalawang kinakailangang OT na saksi upang pagtibayin ang isang bagay (cf. Bilang 35:30; Deuteronomio 17:6).

Lucas/Gawa ay nagpapahayag ng kaloob ng Espiritu

1. sa bautismo – 2:38
2. sa pagsunod sa ebanghelyo – 5:32
3. hindi maaaring bilhin – 8:19-20

4. sa mga Hentil – 10:45; 11:17
5. mula sa Ama – Lucas 11:13 (cf. Santiago 1:17)

▣ **"nagsisitalima sa kaniya"** Ang pagsunod ay isang pang-pamumuhay na pagpili! Kailangan nating sumunod sa pamamagitan ng pananampalataya sa ebanghelyo. Kailangan nating magpatuloy sa pagsunod upang tamasain ang mga bunga nito (cf. Mateo 7:24-27; Lucas 6:46-48). Ang di-karaniwang termino na "tumalima" (*peithomai* na may dagdag na *archē*, cf. 27:21; Tito 3:1), na ginamit sa vv. 29 at 32, ay isang tambalan ng mga terminong "pinuno" (*archē*) at pagsunod.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:33-39

**33Datapuwa't sila, nang kanilang marinig ito, ay nangasugatan sa puso, at nangagpasiyang sila'y patayin.**
**34Datapuwa't nagtindig sa Sanedrin ang isang Fariseo, na nagngangalang Gamaliel, doktor sa Kautusan, na pinapupurihan ng buong bayan, at nagutos na ilabas na sandali ang mga tao. 35At sinabi niya sa kanila, "Kayong mga lalaking taga Israel, ay mangagingat kayo sa inyong sarili tungkol sa mga taong ito, kung ano ang inyong gagawin.**
**36Sapagka't bago pa ng mga araw na ito ay lumitaw na si Teudas, na nagsabing siya'y dakila; at sa kaniya'y nakisama ang may apat na raang tao ang bilang: na siya'y pinatay; at ang lahat ng sa kaniya'y nagsisunod, ay pawang nagsipangalat at nangawalang kabuluhan. 37Pagkatapos ng taong ito ay lumitaw si Judas na taga Galilea nang mga araw ng pagpapasulat, at nakahila siya ng *marami* sa bayan: siya'y nalipol rin; at ang lahat ng sa kaniya'y nagsisunod ay pawang nagsipangalat. 38At ngayo'y sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangakialam sa mga taong ito, at pabayaan ninyo sila: sapagka't kung ang pasiyang ito, o ang gawang ito ay sa mga tao, ay mawawasak: 39Datapuwa't kung sa Diyos, ay hindi ninyo maiwawasak; baka pa kayo'y mangasumpungan na nangakikihamok laban sa Diyos."**

**5:33**
**NASB "nangasugatan ang kanilang puso"**
**NKJV "sila ay nangagagalit"**
**NRSV "sila ay galit na galit"**
**TEV "sila ay lubhang nagagalit"**
**NJB "ito ay lubhang nagpasiklab ng galit sa kanila"**

Ang terminong ito sa literal ay nagangahulugang "pumutol sa pamamagitan ng lagari" o "magngalit ng ngipin." Ang lubhang katulad na terminong ito sa katulad na anyo ay ginamit din sa 7:54, kung saan ang dinagdag na parirala, "hiwa sa puso," ay nagpapakita ng buong patalinggahagang kaunawaan (tingnan din sa Lucas 2:35). Ang malakas na terminong ito (i.e., *diaprō*) ay katulad na kahulugan sa 2:37a.

▣ **"nangagpasiyang sila'y patayin"** Ito ay isang DI-GANAP PANGGITNANG (deponent) NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig na (1) sila ay nagsimula sa puntong ito upang subukang patayin sila o (2) ito ay isang paulit-ulit na plano at pagnanais. Mula sa ating pagkakaalam sa sinaunang paglago ng iglesiya sa Gawa, #1 ang pinakaakma. Pansinin ang ang mga Sadduceo ang nagpapahayag ng ganitng galit at layunin pagpatay. Ito ay maaari lamang ang mga Fariseo (i.e., Gamaliel) ay nakita ang sinaunang iglesiya bilang isang magagamit na tinik upang makialam sa pagtanggi ng Sadduceo sa muling pagkabuhay sa pangkalahatan. Ang mga Fariseo ay hindi nagnanais na panindigan ang muling pagkabuhay nii Hesus, ngunit paninindigan ang konsepto ng isang muling pagkabuhay na sinusundan ng isang paghinaharap na buhay kasama ng Diyos.

It ay nakakamangha sa makabagong mambabasa ng Bibliya na ang mga pang-relihiyong pinuno ay makakapagplano ng pagpatay. Tandaang ang mga Sadduceo ay tapat sa mga sulat ni Moises, na ang isang namumusong sa Diyos ay kailangang batuhin hangang sa mamatay. Iniisip ng mga pinunong ito ay sila ay kumikilos sa ganang Diyos at sa pagtalima sa Kanyang salita (cf. Levitico 24:10-16).

**5:34 "Mga Fariseo (Sanhedrin)"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: MGA FARISEO

I. Isa sa mga sumusunod ang maaaring pinagmulan ng salitang ito:
   A. "maihiwalay." Ang pangkat na ito ay nabuo noong panahon ng Macabeo. (Ito ang pinakamalawak na tinanggap na pananaw).
   B. "maghati." Ito ay isa pang kahulugan sa katulad na salitang-ugat sa Hebreo. May ilang nagsasabi na ang kahulugan nito ay taga-pagsalin (cf. II Timoteo 2:15).
   C. "Persyano." Ito ay isa pang kahulugan sa katulad na salitang-ugat sa Aramaiko. Ang ilang sa mga katuruan ng mga Fariseo ay maraming pagkakatulad sa dualismo ng Persyanong Zoroastrianismo.

II. Sila ay nabuo noong panahon ng mga Macabeo galing sa *Hasidim* (silang banal). Maraming iba-ibang pangkat katulad ng mga Esseneo ay nanggaling sa reaksyon laban sa Helenistiko kay Antioko IV Epiphano. Ang mga Fariseo ay unang nabanggit ni Josepho sa kanyang *Antiquities of the Jews* 8.5.1-3.

III. Ang kanilang mga pangunahing katuruan.

A. Paniniwala sa darating na Mesias, na nahikayat ng mga pang-Hudyong *apocalyptic* na panitikang nasa pagitan nag Luma at Bagong Tipan katulad ng I Enoch.

B. Diyos na masigasig sa pang-araw-araw na buhay. Ito ay tuwirang kabaliktaran ng sa mga Saduceo. Maraming mga katuruan ng Fariseo ay mga kabaliktarang teolohikal ng mga Saduceo.

C. Ang pisikal na pagtuon sa kabilang buhay batay sa buhay sa lupa, na kinapapalooban ng gatimpala at parusa (cf. Daniel 12:2).

D. Kapangyarihan ng OT at mga Tradisyong Sinasalita (*Talmud*). Nalalaman nila ang pagiging masunurin sa mga kautusan ng Diyos sa OT na kanilang binibigyang kahulugan at ginagamit ng mga pantas na *rabbinical* (Shammai, ang konserbatibo and Hillel, ang liberal). Ang pagpapaliwanag na rabbinical ay sang-ayon sa pag-uusap ng mga guro ng dalawang magkaibang mga pilosopiya, isang konserbatibo at isang liberal. Ang mga pagtalakay na sinasalita sa kahulugan ng Banal na Kasulatan ay sa wakas naisulat sa dalawang mga paraan: ang Talmud ng Babilonya at ang hindi tapos na Talmud ng Palestina. Naniniwala sila na si Moses ay tumanggap ng mga pasalitang pagbibigay kahulugan sa Bundok ng Sinai. Ang pangkasaysayang pasimula ng mga pagtalakay ay nag-umpisa kay Ezra at ang mga lalaki ng "Dakilang Sinagoga" (pagkatapos na tinawag na Sanhedrin).

E. Lubhang maunlad na *Angelology*. Kabilang dito ang kapwa mabuti at masamang espirituwal na mga nilalang. Ito nagsimula sa dualismong Persyano at panitikan sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan.

## NATATANGING PAKSA: SI GAMALIEL

I. Ang Pangalan
   A. Ang pangalan ay nangangahulugang ang "Diyos ay aking tagapag-gantimpala."
   B. Siya ay kilala bilang "ang matanda" o Gamaliel I upang maitangi siya mula sa mga susunod na kamag-anak, saka aktibo sa pang-Hudyong pamunuan.

II. Ang Lalaki
   A. Ang tradisyon ay nagsasabing siya ang apo ni Hillel.
   B. Ang ibang mga tradisyon ay nagsasabing siya ay may kasunduan sa maharlikang pamilya ng Herodes (i.e., Agrippa I).
   C. Ang tradisyon ay nagsasabing siya ang pangulo ng Sanhedrin, ngunit ito ay maaaaring tumukoy kay Gamaliel II.
   D. Siya ay isa sa pitong pinakapipitagang rabbi na binigyan ng titulong Rabban.
   E. Siya ay namatay bago ang A.D. 70.

III. Ang kanyang teolohiya
   A. Siya ay isa sa pinakapipitagang rabbi.
   B. Siya ay kilala para sa pagkalinga at sa pananatili ng for at sa pamamahala ng mga nakakalat ng mga Hudyo ng Diaspora.
   C. Siya ay kilala rin para sa kanyang malasakit sa mga wala sa buhay sa lipunan (ang kanyang Takkonot ay kadalasang nagsisimulat sa "para sa kapakanan ng sangkatauhan").
      1. mga ulila
      2. mga balo
      3. mga babae
   D. Siya ang Rabinikong guro ni Apostol Pablo sa Herusalem (cf. Gawa 22:3).
   E. Sa Gawa 5:33-39 siya ay nagbibigay ng pantas na karunungan tungkol sa kung paano tanganan ang naunang iglesiya sa Palestina.
   F. Ang rabbi na ito ay pinahahalagahan ng napakataas na sa kanyang kamatayan ay sinabi na, "Nang si Rabban Gamaliel na matanda ay namatay, ang kaluwalhatian ng Torah ay natigil at kadalisayan at kabanalan (lit. 'paghihiwalay') ay naglaho (*Sot*. 9:15), kinuha mula sa *Encyclopedia Judaica*, tomo 7, p. 296.
   G. Kailangan itong maihayag na ang pag-uudyok ni Gamaliel sa pagkakataong ito ay di-tiyak. Maaaring kanyang binibigyang-diin ang karunungan ng mga Fariseo laban sa kapusukan ng mga Sadduceo. Ang dalawang makapangyarihang pang-Hudyong sekta ay pinagsasamantalahan ng bawat-isa sa bawat pagkakataon!

**5:36-37 "Teudas. . .Judas na taga-Galilea"** Binanggit ni Josephus ang dalawang pangalang ito (cf. *Antiq*. 20.5.1). Gayunman, sila ay kanyang itinala sa pabaliktad na ayos. Ang karagdagang pangkasaysayang impormasyon ay nagpapakita na mayroong dalawang tao sa pangalang ito na mga Hudyong panatiko na laban sa Roma. Samakatuwid, kapwa ang NT at

si Josephus ay maaaring tumpak. Ang isa na nabanggit ni Gamaliel ay naghimagsik noong A.D. 6, kung saan ang isang nabanggit ni Josephus ay naghimagsik noong A.D. 44.

**5:37 "mga araw ng pagpapasulat"** Si Josephus (cf. *Antiq.*18.1.1; *Wars* 2.8.1) ay nagsasabi sa atin na si Augustus ay nag-utos ang buwis ay ipapatawa sa mga Hudyo, pagkatapos na si Archelaus ay maalis sa trono at si Quirinius ay ginawang kinatawan ng Syria (i.e., about A.D. 6-7). Ang pagpapatalang ito para sa pagbubuwis ay nangyayari kada labing-apat na taon, ngunit ito ay gugugol ng mga taon upang makumpleto.

▣ **"si Judas na taga Galilea"** Siya ay binanggit ng maraming beses ni Josephus (cf. *Antiq.* 18.1.1-6; 20.5.2 at gayundin sa *Wars* 2.8.1; 2.17.8-9). Ang kanyang pag-aaklas ay naganap noong A.D. 6 o 7. Siya ang nagtatag ng panatikong kilusan. Ang mga panatiko (tinatawag sila ni Josephus na "ang pang-apat na pilosopiya) at ang Sicarii (i.e., mga mamamatay-tao) ay maaaring magkatulad na pampulitkang kilusan.

**5:38 "Huwag kayong mangakialam sa mga taong ito, at pabayaan ninyo sila"** Anong nakakagulat na payo! Ang pariralang ito ay may dalawang AORIST TAHAS NA MGA PAUTOS.

1. *aphistēmi*, ihiwalay, ilayo
2. *aphiēmi*, itaboy, paalisin

▣ **"kung"** Ito ay isang IKATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

**5:39 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na kadalasang nagpapakilala ng isang pagpapatibay ng katotohanan, ngunit dito, ito ay hindi maaaring maging totoo. Ito ay nagpapakita ng pampanitikang paggamit ng ganitong panggramatikang anyo.

▣ **"o baka pa kayo'y mangasumpungan na nangakikihamok laban sa Dios"** Ito ay kailangang tandaan na ang mga pangrelihiyong pinunong ito ay isinasaisip na sila ay kumukilos para sa kapakanan ng Diyos. Ang mismong katotohanan na si Gamaliel ay nagpapahayag ng posibilidad ng kanilang maaaring pagiging tapat na kamalian ay isang nakakagulat na pahayag (cf. 11:17).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:40-42

**[40]At sila'y nagsisangayon sa kaniya: at pagkatawag nila sa mga apostol, ay pinalo nila at ibinala sa kanila na huwag silang mangagsalita sa pangalan ni Hesus, *at* sila'y pinawalan. [41]Sila nga'y nagsialis sa harapan ng Sanedrin, na nangatutuwang sila'y nangabilang na karapatdapat na mangagbata ng kaalimurahan dahil sa Pangalan. [42]At sa araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, ay hindi sila nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangangaral, na si Hesus ang *siyang* Kristo.**

**5:40 "sila'y nagsisangayon sa kaniya"** Ang pariralang ito ay kasama sa v. 39 sa ilang mga salin (cf. NRSV) at sa v. 40 sa iba (cf. NASB, NKJV). Ang TEV at NJB ay pinanatili ito sa v. 39, ngunit nagsimula ng isang baong talata.

▣ **"pinalo"** Ito ay hindi gaya ng sa pagpapalo sa Roma (*mastix*, cf. Gawa 22:24-25), na pinagtiisan ni Hesus. Ito ay tumutukoy sa pang-Hudyong pagpapalo ng gabilya (cf. Deuteronomio 25:3; i.e., *derō*, Lucas 12:47-48; 20:10-11; 22:63). Ito ay napakasakit, ngunit hindi nakakamatay.

Ang suliranin sa pagbibigay ng kahulugan ay ang dalawang mga Griyegong terminong ito ay kadalasang ginagamit nang nagpapalitan. Ang Septuagint ng Deuteronomio 25:3 ay may *mastix*, ngunit ito ay tumutukoy sa isang pagpaparusang pang-Hudyo. Palagiang ginagamit ni Lucas ang *derō* para sa ganting pagpapalo sa Hudyong sinagoga (sa literal ay "pagbabalat ng isang hayop").

▣ **"at ibinala sa kanila na huwag silang mangagsalita sa pangalan ni Jesus"** Ang katulad na konseho ay ginagawa rin ito nang una (cf. 4:17,21). Sa pagkakataong ito, pinalo sila at inulit ang babala.

**5:41** Hinulaan ni Hesus ang ganitong uri ng pagtrato (cf. Mateo 10:16-23; Marcos 13:9-13; Lucas 12:1-12; 21:10-19; Juan 15:18-27; 16:2-4).

▣ **"na nangatutuwang sila'y nangabilang na karapatdapat na mangagbata ng kaalimurahan dahil sa Pangalan"** Ito ay tila nakakagulat sa atin ngayon dahil tayo ay nabubuhay sa isang lipunan na kung saan ang pisikal na pagpapahirap ay di-karaniwan, ngunit hindi ito ang kalagayan para sa nakakaraming mga mananampalataya sa pagdaan ng mga siglo.

Maliwanag na sinabi ni Hesus sa kanyang mga taga-sunod ay magdadanas ng dusa. Pakibasa ang Mateo 5:10-12; Juan

15:18-21; 16:1-2; 17:14; Gawa 14:22; Roma 5:3-4;; 8:17; II Corinto 4:16-18; Filipos 1:29; I Tesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4. Pansinin din kung paaano sa I Pedro ang paghihirap ni Hesus (cf. 1:11; 2:21,23; 3:18; 4:1,13; 5:1) ay dapat tularan ng Kanyang mg taga-sunod (cf. 1:6-7; 2:19; 3:13-17; 4:1,12-19; 5:9-10).

**5:42 "sa araw-araw, sa templo"** Silang mga naunang saksi ni Hesus ay tumanggi na manahimik, kahit na sa gitna ng Judaismo, ang templo sa Herusalem.

▣ **"sa mga bahay-bahay"** Ang sinaunang iglesiya ay ginagawa ang kanilang mga pagpupulong sa mga pribadong tahanan na kumalat sa lahat ng dako ng lungsod (cf. 2:46). Walang mga gusali ang iglesiya hangang sa maraming daang taon ang nakalipas.

▣
**NASB, NKJV "ang siyang Kristo"**
**NRSV, TEV,**
**REB "ang Mesias"**

Ang ganitong pang-Hudyong kalalagayan, ang titulong "Mesias" (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31) ay mas karapatdapat (cf. 2:31; 3:18; 5:42; 8:5; 9:22), gaya ng paggamit ni Pedro sa Mateo 16:16. Nang si Pablo ay nangaral sa mga Hudyo, siya rin ay gumamit nito bilang isang sanggunian sa ipinangako, ang Siyang pinili (cf. 17:3; 18:5,28).

## MGA TALAKAYANG TANONG SA MGA GAWA 3-5

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nanatili ang mga Apostol sa loob ng Judaismo ng mahabang panahon?
2. Itala ang mga titulo ni Hesus at kanilang mga kahulugan na ginamit sa kabanata 3.
3. Ano ang dalawang kinakailangang sa kaligtasan?
4. Bakit madalas na sinisipi si Moises sa Bagong Tipan?
5. Ano ang kahalagahan ng Abrahamikong kasunduan sa NT iglesiya?
6. Bakit dinakip sina Pedro at Juan?
7. Balangkasin ang ikatlong pangangaral ni Pedro.
8. Ano kahalagahan ng panalangin sa 4:24-31?
9. Kailangan bang maging komunista upang maging tunay na Bagong Tipan? (cf. 4:32)
10. Itala ang mga dahilan kung bakit isinaman ni Lucas ang tala nina Ananias at Safira.
11. Napagtanto ba ni Ananias na siya ay napuspos ni Satanas? Napagtanto niya ba na siya ay nagsinungaling sa Diyos?
12. Bakit tila mabagsik ang Diyos?
13. Anong nangyari sa mga himala (lalo na ang mga pagpapagaling) sa ating kapanahunan?
14. Bakit galit na galit ng mga Sadduceo?
15. Bakit pinakawalan ng mga anghel ang mga Apostol mula sa bilangguan?
16. Balangkasin ang ika-apat na pangangaral ni Pedro. Itala ang karaniwang mga sangkap ng kanyang ibang nakatalang mga pangangaral sa Gawa.
17. Sino si Gamaliel?
18. Bakit kailangang magalak ang mga Kristiyano sa paghihirap?

# MGA GAWA 6

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpili sa Pito | Pitong Pinili Para Maglingkod | Pagpili sa Pito | Ang Pitong Tagapag-lingkod | Ang Pagtalaga sa Pito |
| 6:1-6 | 6:1-7 | 6:1-7 | 6:1-4 | 6:1-6 |
| | | | 6:5-6 | |
| 6:7 | | | 6:7 | 6:7 |
| Ang Pagdakip kay Esteban | Si Esteban ay inakusahan Ng Tumungayaw | Ang Pangaral at Pagiging Martir ni Esteban<br>(6:8-7:2a) | Ang Pagdakip kay Esteban | Pagdakip kay Esteban |
| 6:8-15 | 6:8-15 | 6:8-7:2a | 6:8-15 | 6:8-15 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

### KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang kabanata 6 at 7 ay panimulang pamamaraan ni Lucas sa pampanitikan / kasaysayan para pag usapan ang misyon sa mga Hentil.

B. Ang simbahan sa Herusalem ay mabilis na lumago sa panahong ito (cf. 6:1).

C. Ang simbahan ay ginawa ng mga Hudyong nagsasalitang Aramaik nagmula sa Palestina at mga Hudyong nagsasalitang Griego nagmula sa Diaspora.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-6**
**1Sa panahong ito samantalang ang mga apostol ay lumago sa bilang, nagreklamo ang mga Hudyong Helenista laban sa mga Katutubong Hebreo, sapagkat ang mga babaing balo sa pangkat nila ay napabayaan sa pang-araw-araw na pamamahagi ng pagkain. 2Kaya ang labing – dalawa ay tinipon ang buong kapulungan ng mga apostol at sinabi sa kanila, "Hindi namin nais na pabayaan ang pangangaral ng salita ng Diyos upang mangasiwa sa pamamahagi ng**

**pagkain. [3]Kaya, mga kapatid, pumili kayo sa mga kasamahan ninyo ng pitong lalaking kilala sa pagiging mabuti, puspos ng Espiritu Santo at matatalino, atilalagay naminsila sa tungkuling ito. [4]"Subalit iuukol naman namin ang aming mga sarili sa panalangin at sa pangangaral ng Salita." [5]Ang panukala ay sinang-ayunan ng buung kapulungan; at pinili nila si Esteban, isang lalaking matibay ang pananalig sa Diyos at puspos ng Espiritu Santo, at sina Felipe, Procoro, Nicanor, Timon, Parmenas at Nicolas, isang Hentil mula sa Antioquia. [6]At iniharap sila sa mga apostol; at pagkatapos ipinanalangin, ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila.**

**6:1 "mga apostol"** Ito ay isang tumpak "mga nag-aaral " mula sa PANDIWANG *manthanō.* Ito ay mahalagang matanto na ang NT ay nagbibigay –diin sa "paggiging mga apostol " (cf. Mateo. 28:19; Mga gawa 14:21),hindi lang paggawa ng kapasiyahan. Itong titulo para sa mananampalataya ay kakaiba sa Ebanghelyo at Mga Gawa. Sa mga Sulat, ang mga termino "mga kapatid " at " mga santo" ay mga ginamit para italaga ang mga sumasampalataya kay Hesus.

▣ **"ay lumago ang bilang"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHASANG PANDIWARI. Ang paglago ay laging sanhi ng pagkabalisa.

▣ **"pagsumbong "** Ang ibig sabihin ng salitang ito ay "makipag-usap ng pribado sa mababang boses " (i.e., pribadong pag-uusap sa pagitan ng bawat isa, Moulton, *Analytical Lexicon*, p. 81). Ito ay nangyari ilang beses sa LXX ng Exodo na naglalarawan ng panahong naglalagalag sa ilang (cf. Exodo 16:7,8; 17:3; at Mga Bilang 11:1; 14:27). Itong parehong salita ay matatagpuan sa Lucas 5:30 at ilang beses sa Juan (cf. 6:41,43,61; 7:12,32).

▣ **"mga Hudyong Helenista laban sa mga katutubong Hebreo"** Ito ay tumutukoy sa mga naniniwalang mga Hudyo, yaong mula sa Palestina at nagsasalita ng Aramaiko at yaong mga lumaki sa Diaspora at nagsasalita ng Koine Griego. Ito ay mga tiyak na kultura at pahiwatig sa lahi sa kalagayang ito.

▣ **"paghahanda ng pagkain sa araw –araw"** Ang unang simbahan ay sumusunod sa mga modelo ng Sinagoga. Bawat pondo sa loob ng isang lingo (i.e., limos ) ay kinokolekta para pagpapakain sa mga mahirap. Itong pera ay ginagamit para pangbili ng pagkain, na biniibigay lingguhan ng Sinagoga at araw-araw ng unang simbahan. Tingnan sa Natatanging Paksa: Pagbibigay Limos sa 3:2.

Tila baga sa kasaysayan, na karamihan sa mga pamilyang Hudyo na nanirahan at nagtrabaho sa ibang bansa ay bumabalik sa Palestina para sa kanilang ama para dito nila mailibing sa Lupang Ipinangako. Samakatuwid, maraming balong babae sa Palestina, lalong –lalo na sa lugar ng Herusalem.

Ang Judaismo ay mayroong lugar para sa nangangailangan ng tulong (i.e., Mosaic na Kasunduan ) may kinalaman sa mahihirap, mga banyaga, at mga balo (cf. Exodo 22:21-24; Deuteronomio 10:18; 24:17). Ang mga sinulat ni Lucas ay naglalarawan kay Hesus, pagmamalasakit sa mga balong babae (cf. Lucas 7:11-15; 18:7-8; 21:1-4). Ito rin, sa unang simbahan,sumusunod kapwa sa Sinagoga sa pagtulong sa mga nangangailang tao at mga pangaral ni Hesus, na ipinakita ang pagmamalasakit sa mga balong babae sa simbahan.

**6:2 "Ang labing- dalawa"** Ito ang pinag-isang titulo para sa mga Apostol sa Mga Gawa. Sila yaong unang mahalagang pinili para makasama ni Hesus sa kanyang ministeryo dito sa mundo, nagsimula sa Galilea.

▣ **"tinipon ang kapulungan ng mga apostol** " Sa katunayan ang ibig sabihin dito ay hindi tiyak sapagkat ang simbahan ay may kasaping libo-libo, sa puntong ito, walang bahay o lugar ng negosyo na higit na malaki na maaring magkasya ang mga tao. Marahil ito ay ginanap sa Templo, maaring sa Portico ni Solomon (cf. 3:11; 5:12).

Ito ang unang halimbawa na kung tawagin ay kapulungan ng uri ng pamamalakad ng isang simbahan (cf. vv. 3,5; 15:22). Ito ay isa sa tatlong paraang biblical ginawa ng modernong simbahan:

1. episkopal (i.e., isang mataas na pinuno )
2. presbyterian (i.e., isang grupo ng mga pinuno)
3. kapulungan (i.e., ang kabuuan ng mga sumasampalataya)

Lahat ay makikita sa Mga Gawa 15.

▣ **"Hindi namin ninais na pabayaan ang salita ng Diyos para makapaghanda ng pagkain sa hapag"** Ito ay hindi salitang walang respeto tungkol sa pagsisilbi, bagkus ito ay panimula ng kailangan ng mga namumuno sa paghati-hati ng katungkulan para sa mga tao ng Diyos. Ang mga ito ay hindi mga opisina, bagkus ang mga ito ay mga ahenteng may katungkulan. Ang pagpapahayag ng Ebanghelyo ay dapat mauna sa ibang pangangailangan ng ministeryo. Ang mga Apostol ay kakaibang tinawag at karapat-dapt para sa tungkuling ito. Walang sinuman ang mag-aalis sa tungkuling yaon. Ito ay hindi "kahit sino/o," subalit "kapwa/at" kalagayan.

Ang salitang "pagsilbi" ay pangkaraniwang salita ng Griego sa serbisyo, *diakonia*. Maraming modernong Taga-puna ang hindi pinalad, sa paghahanap ng patnubay para sa opisina ng diakono (cf. Filipos 1:1; I Timoteo 3:8-10,12-13), ginamit

ang tekstong ito para ipaliwanag ang katungkulan ng ministeryo. Datapwat, ang mga ito ay hindi “mga diakono”; sila ay mga ley minister / mga taga pagpahayag. Ang eisegesis lang ang maaaring makahanap ng diakono sa Mga Gawa 6.

Ako ay interasado na malaman kung paano ang unang simbahan nagsigawa ng kanilang ministeryo ng walang mga nakatayong gusali.

1. Kapag sila ay nagtitipon maaaring sa Templo.
2. Sa panahong Sabbaths sila ay siguradong nagtitipon sa kanilang lokal na sinagoga at kapag araw ng Linggo ay maaaring sa mga bahay bilang simbahan.
3. Sa loob ng isang linggo (araw-araw ) ang mga Apostol ay dumadalaw sa bahay ng mga sumasampalataya at sa ibang bahay ng mga sumasampalataya (cf. 2:46).

**6:3**
**NASB, NRSV "pumili"**
**NKJV "maghanap"**
**TEV "pumili"**
**NJB "kailangang pumili"**

Ito ay isang AORIST BALINTIYAK (deponent) Pautos. Kailangang mayroong magawa para maibalik ang pagkakaisa at ang espiritu sa isang pakakasundo. Itoay tungkol sa katungkulan ng namumuno na may kakayahan na palawakin ang ebanghelyo. Ang simbahan ay kailangan na magtatag ng ministeryo. Ang bawat mananampalataya ay tinatawag, ginantimpalaan, ganap na ministro (cf. Mga taga-Efeso 4:11-16).

▣ **"pitong lalaki "** Walang dahilan ang bilang na ito maliban sa ito ay madalas na simbolong bilang na ganap sa Lumang Tipan dahil sa kaugnayan sa pitong araw ng paglikha (cf. Genesis 1; Mga Awit 104). Sa Lumang Tipan mayroon nang halimbawa sa parehong paraan para sa pagpapa-unlad ng pangalawang pamumuno (cf. Mga Bilang 18). Tingnan sa Natatanging Paksa: Mga Simbolo ng mga Bilang sa Bibliya sa 1:3.

▣
**NASB, NJB "may mabuting karangalan**
**NKJV "may mabuting karangalan"**
**NRSV "may mabuting katayuan"**
**TEV "sila ay kilala "**

Ang mga pagkakaiba sa salin na ito sa English ay nagpapakita ng dalawang magka-ibang paggamit ng terminong ito.

1. "sumaksi kay " o magbigay ng nalalaman tungkol sa (cf. TEV, NIV)
2. "magpahayag na mabuti sa isang tao (cf. Lucas 4:22).

▣ **"puspos ng Espiritu Santo"** Ang pagpuspos ng Espiritu Santo ay nabanggit ilang beses sa Mga Gawa, karaniwan ay may kaugnayan sa Labing – Dalawa at ng kanilang mga pahayag / pangaral / pagpalaganap ng ministeryo. Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng ministeryo. Ang presensya ng Espiritu Santo sa buhay ng isang tao ay mararamdaman. Mayroong katibayan sa ugali, mga galaw, at kakayahan. Ang mga balong babae ay mahalaga, subalit ang pagpapahayag ng Ebanghelyo ay ang pangunahin (cf. v. 4). Tingnan ang buung kaalaman sa "puspos" sa 5:17.

▣ **"at ang karunungan "**Mayroon dalawang uri ng karunungan sa Lumang Tipan .

1. Pag-unawa sa karunungan (akademika)
2. Matalinong pamumuhay (makatotohanan)

Ang pitong lalaki ay mayroon nito!

▣ **"sinong maaaring ilagay sa tungkuling ito"** Sila ay may nakatakdang katungkulan. Ang pangungusap na ito ay hindi maaring gamitin para ipahayag na ang mga diakono ay ang namamahala pagdating sa negosyo (KJV, "itong negosyo ") sa simbahan ! Ang salitang "tungkulin" (*chraomai*) ang ibig sabihin "kailangan," hindi "opisina (Alfred Marshall,*RSV Interlinear*,p.468).

**6:4 "ihandog ang mga sarili"** Ang salitang Griego na ito ay ginamit sa ilang pandama.

1. Makihalubilong malapit sa ibang tao, Mga Gawa 8:13
2. Manilbihang tunay sa ibang tao, Mga Gawa 10:7
3. Maging matapat sa paggawa ng bagay o kanino man
    a. Ang unang mga apostol sa bawat isa at panalangin, Mga Gawa 1:14
    b. Ang unang mga apostol sa pangangaral ng mga Apostol, Mga Gawa 2:42
    c. Ang unang mga apostol sa bawat isa, Mga Gawa 2:46
    d. Ang mga Apostol para sa ministeryo ng panalangin at ng Salita, Mga Gawa 6:4 (Si Pablo ay ginamit ang parehong salita para tawagin ang mga sumasampalataya na maging matapat sa panalangin, Mga Taga-Roma

12:12; Mga Taga- Colosas 4:2).

▣ **"panalangin at ang ministeryo ng Salita"** Ang pariralang ito ay nauuna (i.e.,inilagay sa unahan) ng pangungusap ng Griego para bigyang - diin. Hindi ba nakakalito na itong "pito " ang siyang unang nakakita ng misyon ng Ebanghelyo sa buung mundo, hindi ang mga Apostol. Silang "ang Pito " na ang kanilang pagpapahayag ay nawasak ang Judaismo, hindi ang mga Apostol.

Ito ay nakakagulat na ang mga Apostol ay hindi ang nag –umpisa Dakilang komisyon, bagkus itong mga Hudyo na nagsasalita ng Griego. Ang Mga Gawa ay hindi kaylanman naitala sila tinapos ang tungkuling itinalaga sa kanila ng mga Apostol bagkus sila ang nagpakilalang taga- pagpahayag ng Ebanghelyo. Ang kanilang katangian ay tila bagay sa tungkuling ito kaysa sa pamamahala at gawaing pangangalaga na kailangan ng simbahan sa Herusalem.

Manapa na magdalang katahimikan, ang kanilang ministeryo ay nagdalang kaguluhan at pag-uusig!

**6:5 "Esteban"** Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan ay "korona ng nanalo." Lahat ng "pito" ay may pangalang Griego, subalit karamihan sa mga Hudyo sa Diaspora ay mayroong kapwa, ang Hebreong pangalan at Griegong pangalan. Sa pangalan lang nila hindi ang ibig sabihin silang lahat ay Hudyong nagsasalitang Griego. Ang mga dahilan nagsasabing maaaring silang kumakatawan sa kapwa magkaibang pangkat.

▣ **"puno ng pananampalataya"** Ang salitang pananampalataya ay nanggaling sa Lumang Tipan na salita (i.e., *emeth*) na ang orihinal na ibig sabihin ay ang paa ng isang tao ay nasa matatag na kalagayan. Ito ay lumabas na simbolo ng isang tao na mapagkakatiwalaan, matapat, maaasahan, at tapat. Sa Bagong Tipan ang salitang ito ay ginagamit para sa kasagutan ng mga sumasampalataya sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Tayo ay nagtitiwala sa Kanyang Pagtitiwala! Tayo ay nananalig sa Kanyang pananalig. Si Esteban ay nagtitiwala sa pagtitiwala ng Diyos; samakatuwid, siya ay inilalarawan ng ugali ng Diyos (i.e., puno ng pagtitiwala, buung pagtitiwala).

## NATATANGING PAKSA: MANIWALA, MAGTIWALA, PANANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)

I. Paunang Pahayag

Kailangan banggitin na ang paggamit ng teolohikong pagkaunawa, ay napakahalaga sa NT, hindi ito malinaw na binigyan kahulgan sa OT. Ito ay tiyak na nandoon, ngunit iponakita sa ilang mga talata at mga katauhan.

Ang paghahalo sa OT

A. ang pangsarili at panlipunan

B. ang personal pagtatagpo at pangkasunduang pagsunod

Ang pananampalataya ay kapwa personal pagtatagpo at pang-araw-araw na pamumuhay! Mas madaling ilarawan ang isang tao kaysa sa *lexical* na anyo. (i.e.,pag-aaral ng salita). Ang pangsariling aspeto ay pinakamahusay na mailalarawan kina

A. Abraham at ang lipi

B. David at Israel

Ang mga lalaking ito ay nasumpungan/ natagpuan ang Diyos at kanilang mga buhay ay pamalagiang nabago (hindi sakdal na mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalataya sa pagtatagpo sa Diyos, ngunit ang malalim, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan ay magpapatuloy sa mahabang panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay, ngunit itoy nagpatuloy bilang katunayan ng kanilang debosyon at lakad ng buhay.

II. Pangunahing Salitang-ugat na ginamit

A. אמן (BDB 52)

1. PANDIWA

a. *Qal* na tangkay – sumuporta, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Ester 2:7, ang di-teolohikong pagkakagamit)

b. *Niphal* na tangkay – siguruhin o patatagin, pagtibayin, patunayan, maging tapat o katiwa-tiawala

(1) Sa tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40;14

(2) Sa mga bagay, Isaias 22:23

(3) sa Diyos, Deuteronomio 7:9,12; Isaias 49:7; Jeremias 42:5

c. *Hiphil* ang tangkay – tumayo ng matatag, maniwala, magtiwala

(1) Naniwala si Abraham sa Diyos, Genesis 15:6

(2) ang mga Israelita sa Ehipto ay naniwala Exodo 4:31; 14:31 (nawala sa Deuteronomio 1:32)

(3) ang mga Israelita ay naniwala kay YHWH na nagsalita sa pamamagitan ni Moises, Exodo 19:9; Awit

106:12,24

(4) Si Ahaz ay hindi nagtiwala sa Diyos, Isaias 7:9
(5) kung sinoman ang maniwala sa bagay/kanya, Isaias 28:16
(6) naniwala sa mga katotohanang tungkol sa Diyos Isaias 43:10-12

2. PANGNGALAN (PANLALAKI) – katapatan (i.e., Deuteronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)
3. PANG-ABAY – tunay nga, sa katotohanan, ako ay sumasang-ayon, maaring ito na nga (cf. Deuteronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Chronika 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ito ay ang liturhikong gamit ng "amen" sa mga OT and NT.

B. תּ מ א (BDB 54) PAMBABAE PANGNGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan
1. ng tao, Isaias 10:20; 42:3; 48:1
2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8
3. ng katotohanan, Deuteronomio 32:4; I Hari 22:16; Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:4; Zacarias 8:16

C. אמונה (BDB 53), katotohanan, pagiging matibay, katumpakan
1. ng mga kamay, Exodo 17:12
2. sa mga panahon, Isaias 33:6
3. sa sangkatauhan, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2
4. ng Diyos, Awit 40:11; 88:12; 89:2,3,6,9; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo ng kaunawaang ito ng OT

A. Si Paul ay nagbatay ng kanyang pagkakaunawa ng YHWH at ang OT sa kanyang personal na pagtatagpo kay Hesus sa landas sa Damascus (cf. Gawa 9; 22; 26).

B. Natagpuan niya ang tulong ng OT sa kanyang bagong pagkakaunawa sa dalawang susing OT na talata na gumamit ng salitang-ugat na אמן.
1. Genesis 15:6 – Ang personal na pagtatagpo ni Abraham na sinimulan ng Diyos (Genesis 12) na nagbunga sa masunuring buhay pananampalataya (Genesis 12-22). Binanggit ni Pablo ito sa Roma 4 at Galacia 3.
2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala dito ay (i.e., Ang Diyos ay nagsubok at matatag na naglagay ng patibayang bato) ay hindi kailanman
   a. Roma 9:33, "mailalagay sa kahihiyan" o "mabigo"
   b. Roma 10:11, kagaya nang nasa itaas
3. Habakuk 2:4 – yaong mga nakakilala sa tapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng tapat na buhay (cf. Jeremias 7:28). Si Pablo ay gumamit ng talatang ito sa Roma 1:17 at Galacia 3:11 (tingnan din sa Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng kaunawaang ito ng OT

A. Pinagsama ni Pedro
1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)
2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (patibayang bato)
3. Awit 111:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)

B. Ibinaling niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, "ang piniling lahi, ang maharalikang pagkasaserdote, ang banal na bayan, ang tao para sa sariling pag-aari ng Diyos" mula sa
1. Deuteronomio 10:15; Isaias 43:21
2. Isaias 61:6; 66:21
3. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6

at ngayon ay ginagamit ito para pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan ng konsepto

A. Ang pagkakagamit sa NT

Ang katagang "naniwala" ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa "maniwala," manampalataya," o " magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa mga Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang paggamit nito na may MGA PANG-UKOL
1. *eis* na nangunguhulang "sa." Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42;

Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   - c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   - d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   - e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
   - f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   - g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* na nangangahugang "nasa" gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* na nangangahulugang "sa" or "sa ibabaw," gaya ng sa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBONG KALAGAYAN na walang PANG-UKOL gaya ng sa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti,* na nangangahulugang "paniwalaang ang," nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
   - a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   - b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   - c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
   - d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
   - e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
   - f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
   - g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
   - h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
   - i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
   - j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (Roma 6:8)
   - k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Thesalonica 4:14)

VI. Buod

Ang Biblikal na pananampalataya ay isang makataong pagtugon sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay palaging nagsisimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na pakikipag-usap ay ang pangangailangan na ang sangkatauhan ay tumugon.

A. pagtitiwala
B. pagtalima ayon sa kasunduan

Ang Biblikal na pananampalataya ay

1. isang personal na kaugnayan (panimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang angkop na mapagtalimang pagtugon (pang-araw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananapalataya ay hindi tiket sa langit o patakarang pagsisiguro. Ito ay personal na ugnayan. Ito ang layunin ang paglilikha at mga taong na ginawa ayon sa larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang usapin ay "pagiging malapit." Ninanais ng Diyos ang pakikipagsalamuha, hindi ang isang panindigan teolohikal! Ngunit ang pakikisalamuha kasama ang banal na Diyos ay nangangailang ang mga anak ay magpakita ng "pampamilyang" katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) nakaapekto sa ating kakayahan na tumugon ng angkop. Samakatuwid, Kumilos ang Diyos para sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38), binigyan tayo ng "bagong puso" at "bagong espiritu," kung saan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, tayo ay nagkaroon ng pakikisalamuha ang pagsunod sa Kanya!

Lahat ng tatlong ito ay napakamahalaga. Ang lahat ng tatlo ay dapat mapanatili. Ang layunin ang makilala ang Diyos (kapwa Hebreo at Griyegong mga kaunawaan) at ipakita ang Kanyang katangian sa ating mga buhay. Ang tunguhin ng ating pananampalataya ay hindi ang langit balang-araw, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo araw-araw!

Ang pananampalataya ng tao ay ang bunga (NT), hindi ang batayan (OT) ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos: ang pananampalataya ng tayo ay ang Kanyang katapatan; ang pagtitiwala ng tao ay ang Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan. Ang puso ng pananaw ng NT sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat may panimulang pagtugon at nagpapatuloy upang simulan ang biyaya at awa ng Diyos, na napakita sa kay Kristo. Siya ay minahal, Siya ay ipinadala, Siya ang naglaan; kailangan tayong tumugan nang may pananampalataya at katapatan (cf. Efeso 2:8-9 and 10)!

Ang matapat ng Diyos ay nais ng matatapat ng tao upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang mundong walang pananampalataya at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

▣ **"puspos ng. . .ang Banal na Espiritu Santo"** Napakaraming ibat-ibang parirala na naglalarawan sa ministeryo ng Espiritu Santo para sa mga sumasampalataya:

1. Ang pagligaw ng Espiritu Santo (cf. Juan 6:44,65)
2. Ang pagbinyag ng Espiritu Santo (cf. I Mga Taga -Corinto 12:13)
3. Ang bunga ng Espiritu Santo (cf.Mga Taga- Galacia 5:22-23)

4. Ang mga regalo ng Espiritu Santo (cf. I Mga Taga-Corinto 12)
5. Ang pagpuspos ng Espiritu Santo (cf. Mga Taga Efeso 5:18).

Para maging puspos ng Espiritu Santo ay nagpapahiwatig ng dalawang bagay: (1) na ang isang tao ay nailigtas (cf. Mga Taga -Roma 8:9) at (2) na ang isang tao ay pinapangunahan ng Espiritu Santo (cf. Mga Taga - Roma 8:14). Tila baga na ang isang "puspos" ay may kaugnayan sa isang nagpapatuloy na puspos na (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS ng Mga Taga - Efeso. 5:18). Para mapuspos" tingnan ng buung pansin sa 5:17.

▣ **"Felipe"** May ilang Felipe sa Bagong Tipan. Siya ay isa sa Pito. Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan ay "mahilig sa mga kabayo." Ang kanyang ministeryo ay inilahad sa Mga Gawa 8. Siya ang tumulong sa pagbuhay muli sa Samaria at pansariling saksi sa opisyal ng gobyerno mula Ethiopia. Siya ay tinawag na "ang ebanghelista " sa Mga Gawa 21:8 at ang kanyang mga anak na babae ay aktibo rin sa ministeryo (i.e., mga propetisa, cf. Mga Gawa 21:9, tingnan sa Natatanging Paksa: Mga Babae sa Bibliya sa 2:17).

▣ **"Procoro"** Kaunti lang ang nakakaalam sa taong ito. Sa *The International Standard Bible Encyclopedia*, vol. 4, James Orr (ed.) ay nagsabi na siya ay naging Obispo ng Nicomedia at naging martir sa Antioquia (p. 2457).

▣ **"Nicanor"** Walang nakakaalam sa taong ito sa kasaysayan ng simbahan. Ang kanyang pangalan ay Griego at ang ibig sabihin ay " mananakop."

▣ **"Timon"** Walang nakakaalam sa taong ito sa kasaysayan ng simbahan. Ang kanyang pangalan ay Griego na ang ibig sabihin ay "kagalang –galang."

▣ **"Parmenas"** Ito ay pinaikling porma ng Parmenides. Ang tradisyon ng simbahan ay nagsasabi na siya ay pinatay sa Philippi sa panahon ng kaharian ng Trajan (cf. *The International Standard Bible Encyclopedia*, vol. 4, p. 2248).

▣ **"Nicolas, isang Hentil mula Antioquia"** Maraming impormasyon ay maaring maiibigay tungkol sa taong ito sapagkat ang kanyang lungsod ay maaaring tahanan din ni Lucas. Bilang Hentil na Hudyo ay kailangang makasama sa ginagawang tatlong ritwal:

1. Na ang isang tao na binibinyagan sa harap ng mga saksi
2. Na ang isang tao, kung lalaki, ay dapat matuli
3. Na ang isang tao, kung may pagkakataon, ay mag-aalay ng pagpapakasakit sa templo

Mayroong ilang kalituhan tungkol sa lalaking ito sa kasaysayan ng simbahan sapagkat mayroong isang grupo ng kaparehong pangalan nabanggit sa Pahayag 2:14-15. Ilang unang mga ama sa simbahan (i.e., Irenaeus at Hippolytus) ay nag -isip na siya ang nag-tatag ng grupong heretical. Karamihan sa mga ama ng simbahan na nag banggit na may kaugnayan ay nag –isip na ang grupo ay maaaring nagbakasakali na gamitin ang kanyang pangalan para ipahayag na ang kanilang nagtatag ng grupo ay isang lider ng simbahan sa Herusalem.

**6:6 "ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanila"** Ang gramatika ay nagpapahiwatig na ang buung simbahan ay nagpatong ng kanilang mga kamay sa kanila (cf. 13:1-3), kahit na ang ang pagtukoy sa PANGHALIP ay mahirap maunawaan.

Ang simbahan ng Romano Catolico ay gumamit ng mga tekstong ganito para ipahayag ang pagkakasunod –sunod ng mga Apostol. Sa buhay ng Baptist kami ay gumagamit ng mga tekstong ganito para ipahayag ang pagtatalaga (i.e.,para ihandog ang mga tao sa natatanging ministeryo). Kung totoo na ang lahat na sumasampalataya ay tinatawag, mga ministrong may talento (cf. Mga Taga-Efeso 4:11-12), samakatuwid walang pagkakaiba sa Bagong Tipan sa pagitan ng "clergy" at "karaniwang ministro" Ang pagtayo ng elitismo at ang pagpapalawak ng salita ng Diyos na hindi tinataguyod ng simbahan ang tradisyon ay kailangang pag-aralang muli para sa kaliwanagan ng Bagong Tipan sa Bibliya. Ang pagpatong ng kamay ay maaaring nagpapahayag ng tungkulin, subalit hindi katayuang mahalaga o may kapangyarihan. Maraming tradisyon ang mga grupo sa pananalig na makasaysayan o batay lang sa kanilang grupo at hindi malinaw na pangaral ng Bibliya o kautusan ng may katungkulan. Ang tradisyon ay hindi suliranin hanggat ito ay ipantay sa antas ng Bibliya.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPATONG NG KAMAY SA BIBLIYA

Ang pagkilos na ito na isang personal na pagsangkot ay ginamit sa ilang mga paraan sa Bibliya.

1. pagpasa ng pamunuan sa pamilya (cf. Genesis 48:18)
2. pakikiisa sa kamatayan ng isang sakripisyal na hayop bilang kahalili
    a. mga saserdote (cf. Exodo 29:10,15,19; Levitico 16:21; Bilang 8:12)
    b. mga manggagawa(cf. Levitico 1:4; 3:2,8; 4:4,15,24; II Cronico 29:23)
3. pagsasantabi sa isang tao upang maglingkod sa Diyos sa isang espesyal na tungkulin o ministeryo (cf. Bilang

8:10; 27:18,23; Deutronomio 34:9; Gawa 6:6; 13:3; I Timoteo 4:14; 5:22; II Timoteo 1:6)
4. pakikisalamuha sa panghukumang pagbabato sa isang makasalanan (cf. Levitico 24:14)
5. pagtanggap ng isang pagpapala para sa kalusugan, kasiyahanm at makadiyos (cf. Mateo. 19:13,15; Marcos 10:16)
6. may kaugnayan sa pisikal na kagalingan (cf. Mateo 9:18; Marcos 5:23; 6:5; 7:32; 8:23; 16:18; Lucas 4:40; 13:13; Gawa 9:17; 28:8)
7. pagtanggap sa Banal na Espiritu (cf. Gawa 8:17-19; 9:17; 19:6)

Mayroong isang nakakabiglang kawalan ng pagkakapareho sa mga pasahe na naging makasaysayang ginamit upang suportahan ang pansimbahang pagtatalaga ng mga pinuno (i.e., ordinasyon).

1. Sa Gawa 6:6 ang mga Apostoles ang nagpatong ng mga kamay sa pito para sa lokal na ministeryo.
2. Sa Gawa 13:3 ang mga propeta at mga guro ang nagpatong ng kamay kay Barnabas at Pablo para sa misyonaryong tungkulin.
3. Sa I Timoteo 4:14 ang mga lokal ng iglesya na kasangkot sa panimulang pagkakatawag at pagkakatalaga kay Timoteo.
4. Sa II Timoteo 1:6 si Pablo ang nagpatong ng kamay kay Timoteo.

Ang pagkakaiba at kalabuang ito ay nagpapakita ng kakulangan ng pagkakaayos sa unang siglong iglesya. Ang unang iglesya ay mas higit na dinamiko at regular na ginamit ang mga espirtwal na kaloob ng mga mananampalataya (cf. I Corinto 14). Ang NT ay simpleng hindi isinulat upang itangkilik o iguhit ang isang panggobyernong modelo o ordinasyonal na mga hakbang.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:7

**7Ang salita ng Diyos ay patuloy na lumaganap; at ang bilang ng mga apostol ay patuloy na dumarami sa Herusalem, at ang maraming saserdote ay nagiging masunurin sa pananalig.**

**6:7 "Ang salita ng Diyos"** Ito ay tumutukoy sa ebanghelyo ni Hesukristo. Ang Kanyang buhay, kamatayan, pagkabuhay -muli, at pangaral tungkol sa porma ng Diyos ang bagong paraan para makita ang Dating Kasunduan (cf. Mateo 5:17-48). Si Hesus ay salita (cf. Juan 1:1; 14:6). Ang Kristiyanismo ay isang Tao! Tingnan sa buung nakasulat sa 4:31.

▣ **"panatilihin ang pagpapalaganap"** Ang lahat na tatlong PANDIWA sa v. 7 ay mga DI – GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay isang temang sentral sa Mga Gawa. Ang salita ng Diyos ay lumaganap dahil sa mga taong nagtitiwala kay Kristo at nagiging parte ng mga bagong tao na may kasunduan sa Diyos (cf. 6:7; 12:24; 19:20).

Ito ay maaaring nagpapahiwatig sa pangako ng Diyos kay Abraham tungkol sa paglago ng bilang ng kanyang pamilya ang dating mga taong may kasunduan sa Diyos (cf. 7:17; Genesis 17:4-8; 18:18; 28:3; 35:11).

▣ **"ang maraming dakilang saserdote ay nagiging masunurin sa pananalig"** Ito ay isa sa mga dahilan ng pamamalakad ng mga Judio (i.e., Saduseo) hindi mapakali tungkol sa Kristiyanismo. Silang nakakaalam na mabuti ng Lumang Tipan ay pinaniniwala na si Hesus ng Nazareth ay ang tunay na ipinangakong Messiah. Ang nakapalibot sa loob ng Judaismo ay nababasag na!

Ang lagom ng pahayag sa paglago ay maaaring maging susi sa pagkagawa ng aklat (cf. 9:31; 12:24; 16:5; 19:20; 28:31).

▣ **"ang katapatan"** Ang salitang ito ay maaaring may – ilang magkakaibang mga pahiwatig;

1. Ang ibig sabihin ay ang napag-aralan sa Lumang Tipan "katapatan" o "mapagkakatiwalaan"; samakatuwid, ito ay ginagamit ang ating katapatan sa paggiging matapat ng Diyos o ang ating tiwala sa pagtitiwala ng Diyos (tingnan sa Natatanging Paksa sa 6:5)
2. Ang ating pagtanggap o tanggapin ang libreng handog ng Diyos ang pagpapatawad dahil kay Kristo matapat, nabubuhay na maka Diyos
3. Ang paglikum ng nadaramang katapatan ng paggiging Cristiano o ang doktrinang katotohanan tungkol kay Hesus (cf. Mga Taga -Roma 1:5; Mga Taga -Galacia 1:23; at Judas 3 & 20).
4. Sa ilang mga naisulat, kagaya sa II Mga Taga -Tesalonica 3:2, ay napakahirap malaman kung ano ang nasa isip ni Pablo.

Tingnan sa Natatanging Paksa: Katapatan, Pananlig, Pagtitiwala (PANGNGALAN, PANDIWA, PANG-URI) sa 3:16.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:8-15

**8At si Esteban, na puno ng kagandahang -loob at kapangyarihan, ay gumawa ng malalaking kababalaghan at**

**mga simbolo sa mga tao. [9]Subalit ilang lalaki na galing sa tinatawag na Sinagoga ng mga Pinalaya, na binubuo ng mga Taga- Cirene at ng mga taga- Alejandria, at ilang taga- Cilica at taga- Asia ay tumayo at nakipagtalo kay Esteban. [10]Subalit hindi sila makaunawa ng karunungan na kaloob ng Espiritu Santo na kanyang ipinapahayag. [11]Kayat lihim nilang sinulsulan ang mga lalaki na magsabi ng ganito, "Narinig naming siyang nilalait si Moises at ang Diyos." [12]At naudyukan nilang magalit ang mga tao, ang mga matatanda at ang mga eskriba, at lumapit sila at sinunggaban at iniharap sa Sanedrin. [13]Nagharap sila ng mga bulaang saksi at nagsabi, "Ang taong ito ay walang tigil ng pagsasalita laban sa Banal na Templo at Kautusan; [14]Narinig naming siyang nagsabi na si Hesus, Nazareno, ay gigibain ang lugar na ito at papalitan ang mga kaugaliang ipinamana ni Moises sa atin." [15]At nakatitig sila sa kanya, ang lahat na nakaupo sa sanedrin ay nakita ang kanyang mukha na kamukha ng anghel.**

**6:8 "puno ng kagandahang –loob at kapangyarihan"** "Puno ng kagandahang -loob" tumutukoy sa pagpapala ng Diyos sa kanyang buhay at ministeryo. Tingnan sa mahalagang Paksa sa 5:17.

Ang salitang ito "kapangyarihan" ay may kaugnayan sa susunod na parirala, "gumagawa ng malalaking simbolo at kababalaghan."

▣ **"Ay gumagawa ng malalaking kababalaghan at mga simbolo"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN (kagaya sa v. 7). Ito ay maaaring naganap bago siya pinili, bilang isa sa Pito. Ang ebangheliyong mensahe ni Esteban ay nagpapatuloy na umuugnay sa kanyang pagkatao (i.e., puno ng kagandahang-loob) at kapangyarihan (i.e., mga simbolo at kababalaghan).

**6:9 "ilang lalaki mula sa. . .ilan mula sa"** Mayroong katanungan tungkol sa kung paano ipakahulugan ng isang tao kung ilang grupo ang kumalaban kay Esteban.

1. Isang sinagoga (Mga lalaki mula sa lahat na bansa ay nakatala)
2. Dalawang sinagoga
   a. Mga Hudyo mula Cirene at Alejandria
   b. Mga Hudyo mula Cilicia at Asia ( Si Pablo ay mula Cilicia)
3. Isang sinagoga, subalit dalawang grupo
4. Limang hiwa -hiwalay na sinagoga

Ang Griego na PAARI NA PANGLALAKI MARAMIHANG PANTUKOY (*tōn*) ay dalawang beses inulit.

▣ **"mula doon sila tinawag"** Ang dahilan ng pariralang ito ay ang salitang "pinalayang tao" ay isang salitang Latin; samakatuwid, ito ay dapat isalin para maliwanag. Tila baga sila yaong mga Hudyo na dinala sa mga banyagang lupain bilang mga alipin (militar o ekonomiya), subalit sila ay bumalik na sa Palestina bilang mga taong pinalaya, subalit ang una parin nilang wika ay ang Griego na Koine.

**6:10** Hindi lang ang pagpapahayag ng ebanghelyo ni Esteban ang nagpapatotoo ng mga simbolo ng kapangyarihan, subalit tila baga ito ay totoong kapanipaniwala. Ang Kabanata 7 ay ang halimbawa ng kanyang pangaral.

▣ **"ang Espiritu"** Sa tekstong Griego ay walang paraan para malaman ang mga malaking titik; samakatuwid, ito ang pagsasalin ng mga taga - salin. Ang malaking titik na "S" ay tumutukoy sa Banal Na Espiritu Santo, ang maliit na "s" ay para sa espiritu ng tao (KJV, NRSV tala sa ibaba, REB, cf. 7:59; 17:16; 18:25; Mga Taga-Roma 1:9; 8:16; I Mga Taga-Corinto 2:11; 5:4; 16:18; II Mga Taga- Corinto 2:13; 7:13; 12:18; Mga Taga-Galacia 6:18;Fil. 4:23). Ito ay maaaring pahiwatig sa Mga Kawikaan 20:27.

Tingnan sa Natatanging Paksa: Espiritu (*pneuma*) sa Bagong Tipan sa 2:2.

**6:11 "lihim nilang sinulsulan ang mga lalaki para magsabi "** Ang salitang "pagsulsol" maaaring ang ibig sabihin (1) para suhulan (cf. Louw at Nida, *Lexicon*, vol. 1, pp. 577-578) o (2) mag planong lihim (cf. Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker, A Greek-English Lexicon, p. 843). Ito ay parehong paraan na ginamit laban kay Hesus (cf. Mateo 26:61) at Pablo (cf. Mga Gawa 21:28). Ang kanilang akusa ay isang paglabag sa Exodo 20:7, na nahantong sa pagpataw ng kamatayan .

▣ **"Narinig namin siyang nilalait si Moises"** Ang mga pangaral ni Esteban sa Kabanata 7 ay sinagot ang akusa. Kahit na ang Kabanata 7 ay isang pagpapakilala kay Esteban sa pag papahayag ng ebanghelyo o mahalagang pangaral na kailila nga ng sagutin ang tong akusa ito ay hindi na kinakailangan, subalit si Esteban ay maaaring gumamit ng Lumang Tipan palagi para ipahayag na si Hesus ang Messiah.

▣ **"at laban sa Diyos"** Ang mga Hudyo ay nilagay ang Diyos pagkatapos ni Moises! Ang kanilang pagkagawa ng pangungusap ay nagpapakita ng kanilang suliranin sa pag-uunawa. Ang Kautusan ni Moises ay naging pangunahin.

**6:12 "mga matatanda at mga escriba. . .ang Sanedrin"** Ang pariralang "matatanda at mga escriba" ay palaging pinapaikli ang tungkulin bilang isang miembro ng Sanedrin, na tinukoy sa kontekstong ito sa salitang "ang Konseho." Ito ay isang

otoridad ng relihiyon ng mga bansang Hudyo sa panahon ng Romano bago ang A.D. 70. Ito ay ang mga;

1. Mga matataas na saserdote at ang kanyang pamilya
2. Mga lokal na mayayamang may- ari ng lupain at lider sibiko
3. Mga lokal na eskriba

Ang kabuuan ay pitumpu na mga lider mula sa lugar ng Herusalem. Tingnan sa Natatanging Paksa: Ang Sanedrin sa 4:5.

**6:13 "itong lalaki"** Ito ang paraang Semitiko para magpakita ng pang-aapi. Ang pariralang ito ay palaging ginagamit kay Hesus.

▣ **"magsalita laban sa Banal na lugar at Kautusan"** Ang pariralang ito ay kadugtong ng akusasyon sa v. 11. Ito ay maaaring tumutukoy sa pagpapatotoo ni Esteban sa mga salita ni Hesus tungkol sa paggiba ng Templo na naitala sa Lucas 19:44-48 ( at sa Marcos 13:2), o ang banta ni Hesus sa Mateo 26:61; 27:40; Marcos 14:58; 15:29; Juan 2:19 (cf. v. 14). Nakita ni Hesus ang sarili bilang ang "bagong Templo," ang bagong sentro ng pagsamba, ang bagong lugar ng pagpupulong ng Diyos at mga tao (cf. Marcos 8:31; 9:31; 10:34). Ang paghusga ng Diyos ay parating na sa gusali ni Herodes.

Ang pagpapahayag ni Esteban ay tungkol sa puno at libreng pagpapatawad ni Hesus ay maaaring ito ang pinanggalingan ng "magsalita laban sa Kautusan." Ang mensahe ng ebanghelyo ay nabawasan "ang kasunduan kay Moises"para sa kasaysayan ng saksi kaysa sa pamamagitan ng kaligtasan (cf. Mga Taga -Galacia 3 at ang Bagong Tipan aklat ng Mga Hebreo).

Para sa mga Hudyo noong unang siglo ito ay nagtuturo ng paglaban, tumungayaw! Ito ang tunay ng pag-alis mula sa kinatawan ng Lumang Tipan, pag-unawa sa iisang Diyos, kaligtasan, at ang kakaibang lugar sa Israel. Ang Bagong Tipan ay may nakasentrong palaban na itinuturo (i.e., Si Hesus ay hindi Israelita, ang kagandahang –loob ay hindi kabutihan ng tao ).

**6:14** Sa katotohanan ang kanilang mga akusasyon ay totoo! Ang dalawang mga akusasyon ay ginawa para guluhin kapwa ang mga Saduseo (i.e., "sirain ang lugar ") at ang mga Paraseo (i.e., "ibahin ang mga kaugalian na ipinamana ni Moises").

▣ **"ang Nazareno, Hesus"** Tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:22.

**6:15 "nakatuun ang kanilang pagtitig sa kanya"** Ito ang paraan ng pagsulat na laging ginagamit ni Lucas. Ito ay tumutukoy sa hindi maabala na atensyon (cf. Lucas 4:20; 22:56; Mga Gawa 1:10; 3:4,12; 6:15; 7:55; 10:4; 11:6; 13:9; 14:9; 23:1).

▣ **"Ang kanyang mukha ay kamukha ng anghel"** Ito ay maaaring katulad ng

1. Ang mukha ni Moises ay nagliwanag pagkatapos bumisita kay YHWH (cf. Exodo 34:29-35, II Mga Taga- Corinto 3:7)
2. Ang mukha at katawan ni Hesus ay nagliwanag sa panahon ng Kanyang pagbabagong -anyo (cf. Mateo 17:2; Lucas 9:29)
3. Ang anghel na mensahero ni Daniel 10:5-6

Ito ang paraan ng pagtukoy sa simbolo ng isang tao na nanggaling sa presensya ng Diyos.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang unang simbahan ay pumili ng mga lalaking pinaka-puspos ng Espiritu Santo para maghanda sa hapag ?
2. Bakit nakakabalisa ang mabilis na paglago ?
3. Ano ang layunin ng pagpatong ng mga kamay ?
4. Bakit si Esteban ay sinunggaban ?

# MGA GAWA 7

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga talumpati ni Esteban | Ang Pahayag ni Esteban Panawagan ni Abraham | Pagtatalumpati at Kadakilaan ni Esteban | Ang talumpati ni Esteban | Ang talumpati ni Esteban |
| | | (6:8-8:1a) | | |
| 7:1-8 | 7:1-8 | | 7:1 | 7:1-8 |
| | | | 7:2-8 | |
| | Mga Patriyarka ng Egipto | 7:2b-8 | | |
| 7:9-16 | 7:9-16 | 7:9-16 | 7:9-16 | 7:9-16 |
| 7:17-22 | 7:17-36 | 7:17-22 | 7:17-22 | 7:17-22 |
| 7:23-29 | | 7:23-29 | 7:23-29 | 7:23-29 |
| 7:30-43 | | 7:30-34 | 7:30-34 | 7:30-34 |
| | Ang Israel naghimagsik laban sa Diyos | 7:35-43 | 7:35-38 | 7:35-43 |
| | 7:37-43 | | | |
| | Tunay na Tabernakulo ng Diyos | | 7:39-43 | |
| 7:44-50 | 7:44-50 | 7:44-50 | 7:44-47 | 7:44-50 |
| | Ang Israel Sumuway sa Banal na Espiritu Santo | | 7:48-50 | |
| 7:51-53 | 7:51-53 | 7:51-53 | 7:51-53 | 7:51-53 |
| Ang pagbato kay Esteban | Si Esteban ang Martir | | Ang pagbato kay Esteban | Ang pagbato kay Esteban Si Saul ang nag-usig |
| 7:54-8:1a | 7:54-60 | 7:54-8:1a | 7:54-8:1a | 7:54-8:1 |

### Ikatlong Tapusang Pagbasa (mula "Isang Patnubay sa Pagbabasang mabuti ng Bibliya" p. vi)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY – AKDA SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

A. Ang talumpati ni Esteban sa Mga Gawa 7 ay ang pinakamahaba na naitala sa Mga Gawa. Ito ay naghati kay Pablo sa saligan ng mga salita ng Diyos (at ng simbahan) sa pag-uunawa ng kaugnayan ng ebanghelyo sa Lumang Tipan. Ang talumpati ni Esteban ay sinagot ang mga akusasyon laban sa kanya, nagpapakita ng
   1. Ang Diyos ay gumawa sa labas ng Templo
   2. Ang Diyos ay nakikipagtrabaho sa mga Hentil
   3. Ang mga Hudyo ay laging tinatanggihan ang mensahe ng Diyos, mga tao, at ngayon tinatanggihan nila ang Mesias!

B. Ang pag depensa ni Esteban ay na apektuhan ang puso ni Saul ng Tarsus at ang mga sinulat ni Pablo.

C. Ipinahayag ni Esteban ang patuloy na kataksilan sa kasunduan ng mga Hudyo at ang mga pahayag ng Diyos sa labas ng Lupang Ipinangako at malayo sa Templo ng Herusalem, na naging sentro ng pagsamba ng mga Hudyo noong unang siglo.

D. Ang mga Hudyo ay palaging tinatanggihan ang tagapagsalita ng Diyos at ngayon ginawa nilang muli. Marubdob nilang tinanggihan si Hesus ng Nazareth at marubdob na tinanggihan din si Esteban, ang Kanyang saksi.

E. Si Esteban ay inakusahan ng kaparehong grupo ng pagkalaban sa Diyos kagaya ni Hesus. Kagaya ng pagbato sa kanya si Esteban ay nagwika ng ilang mga bagay na ginaya ang mga salita at kilos ni Hesus sa Krus. Ito kaya ay sinadyang sinulat ni Lucas? Tila baga totoo!

F. Ang pananaw ni Esteban sa relasyon sa pagitan ng mga Hudyo at Kristiyano ay magsisimula ng pag-uusig (cf. 8:1-3) at napakalaking paghihiwalay (i.e., A.D. 70 mga paraan ng sumpa) ng dalawang grupo. Ito ay maaaring tunay na ginamit ng Diyos si Esteban, kagaya ng ginawa Niya kay Samson sa Lumang Tipan, dahil sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa labas ng Palestina kaya nagsimula ang paglalaban.

G. Ang talumpati/depensa/ pangaral ni Esteban ay may ilang detalye na naiiba sa Hebreo ng Matandang Tipan ( sinabi niya buhat sa Septuagint). Kailangang bang subukan ng mga iskolar na idepensa ang mga kasabihan ni Esteban o hayaang nilang maging mga tradisyon ng mga Hudyo o kaya mga pagkakamali ng kasaysayan ? Ang katanungang ito ay nagpapakita ng pagkampi ng taga- salin emosyonal at karunngan. Ako ay naniniwala na ang Bibliya ay tunay na kasaysayan, na ang Kristiyanismo ay matatag o bumababa sa mga pangyayari sa Bibliya. Gayunman, ang pinakasimula ng Bibliya (i.e., Genesis 1-11) at ang katapusan ng Bibliya (i.e., aklat ng Pahayag ) ay hindi "pangkaraniwang kasaysayan"! Kagaya ng mga namamagitang nagpapaliwanag sa aking palagay sila ay tama at totoo. Kailangang ipaliwanag na minsan ay may mga :
   1. Pagkakaiba-iba sa bilang
   2. Pagkakaiba-iba sa klase
   3. Pagkakaiba-iba sa katotohanan
   4. Ang mga paraan ng mga guro sa pagsasalin (hal. Pagsasama ng dalawa o higit na mga teksto )

   Ang mga ito ay hindi nakakaapekto sa aking pagpapatotoo sa tamang kasaysayan o pagtitiwala sa pagkasalaysay ng Bibliya. Si Esteban ay maaaring nagsasa-alang-alang kung ano ang kanyang natutuhan sa paaralang Sinagoga o maaari niyang baguhin ang mga teksto para matupad ang kanyang hangarin! Para mawala ang kanyang mensahe ay sa pamamagitan ng pagtuung pansin sa isa o dalawang katotohanan na nagpapakita ng modernong pagkakasulat ng kasaysayan at hindi ang kasaysayan ng unang siglo.

H. Pangunahing Balangkas sa buod ng kasaysayang pangangalit ng Diyos sa pakikitungo sa Israel sa kabanata 7
   1. Ang mga Patriyarka, vv. 2-16
   2. Ang Exodo at Mga Paglalagalag sa Ilang, vv. 17-43
   3. Ang tabernakulo at Templo, vv. 44-50
   4. Ang pagpapatupad sa kanila ng kanyang buod na kasaysayan sa Lumang Tipan, vv. 51-53

I. Si Esteban ay gumamit ng ilang pagtukoy sa Lumang Tipan ( pag-ulit ng mga salita at mga pahiwatig).
   1. 7:3 – Genesis 12:1
   2. 7:5 – Genesis 12:7 or 17:8
   3. 7:6-7a – Genesis 15:13-14
   4. 7:7b – Exodo 3:12
   5. 7:8a – Genesis 17:9-14

6. 7:8b – Genesis 21:2-4
7. 7:8c – Genesis 25:26
8. 7:8d – Genesis 35:22-26
9. 7:9 – Genesis 37:10,28; 45:4
10. 7:10 – Genesis 39:21; 41:40-46
11. 7:11 – Genesis 41:54-55; 42:5
12. 7:12 – Genesis 42:2
13. 7:13 – Genesis 45:1-4
14. 7:14 – Genesis 45:9-10
15. 7:15 – Genesis 46:5; 49:33; Exodo 1:6
16. 7:16 – Genesis 23:16; 50:13
17. 7:17 –Exodo 1:7-8
18. 7:18 – Exodo 1:8
19. 7:19 – Exodo 1:10-11
20. 7:20 – Exodo 2:2
21. 7:21 – Exodo 2:5,6,10
22. 7:22 – Exodo 2:10
23. 7:23 – Exodo 2:11-12
24. 7:26 – Exodo 2:13
25. 7:27-28 –Exodo 2:14
26. 7:30 – Exodo 3:1-2
27. 7:29a –Exodo 2:15
28. 7:29b – Exodo 2:22; 4:20; 18:3-4
29. 7:32 – Exodo 3:6
30. 7:33-34 – Exodo 3:5,7-10
31. 7:36 – Exodo 12:41; 33:1
32. 7:37 – Deuteronomio 18:15
33. 7:38 – Exodo 19:17
34. 7:39 – Mga Bilang 14:3-4
35. 7:40 – Exodo 32:1,23
36. 7:41 – Exodo 32:4,6
37. 7:42-43 – Amos 5:25-27
38. 7:44 – Exodo 25:31,36-40
39. 7:45 –Josue 3:14ff; 18:1; 23:9
40. 7:46 – II Samuel 7:8ff
41. 7:47 – I Mga Hari 6-8; II Cronica 1-6
42. 7:49-50 –Isaias 66:1-2

Ang isa pang mabuting buod ng mga salita ng Diyos sa kasaysayan ng Israel ay ang Nehemias 9.

1. 9:6 – Genesis 1-11
2. 9:7-8 – Genesis 12-50
3. 9:9-14 – Exodo (ang exodo )
4. 9:15-21 – Mga Bilang ( ang panahon ng paglalagalag sa ilang)
5. 9:22-25 – Josue (ang pagsakop)
6. 9:26-31 – Mga Hukom
7. 9:32-38 – Samuel, Mga Hari, Cronica (ang Monarkiya)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:1-8

**1At sinabi ng dakilang saserdote, Tunay baga ang mga bagay na ito? 2At sinabi niya, Mga kapatid na lalake at mga magulang, mangakinig kayo: Ang Dios ng kaluwalhatia'y napakita sa ating amang si Abraham, nang siya'y nasa Mesapotamia, bago siya tumahan sa Haran, 3At sinabi sa kaniya, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong kamaganakan, at pumaroon ka sa lupaing ituturo ko sa iyo. 4Nang magkagayo'y umalis siya sa lupain ng mga Caldeo, at tumahan sa Haran: at buhat doon, pagkamatay ng kaniyang ama, ay inilipat siya ng Dios sa lupaing ito, na inyong tinatahanan ngayon: 5At hindi siya pinamanahan ng anoman doon, kahit mayapakan ng kaniyang paa: at siya'y nangakong yao'y ibibigay na pinakaari sa kaniya, at sa kaniyang binhi pagkatapos niya, nang wala pa siyang anak.**
**6At ganito ang sinalita ng Dios, na ang kaniyang binhi ay makikipamayan sa ibang lupain, at kanilang dadalhin sila sa pagkaalipin, at sila'y pahihirapang apat na raang taon. 7At ang bansang sa kanila'y aalipin ay aking hahatulan, sabi ng Dios: at pagkatapos nito'y magsisialis sila, at paglilingkuran nila ako sa dakong ito. 8At ibinigay niya sa kaniya ang**

**tipan ng pagtutuli: at sa ganito'y naging anak ni Abraham si Isaac, at ito'y tinuli nang ikawalong araw; at naging anak ni Isaac si Jacob, at naging mga anak ni Jacob ang labingdalawang patriarka.**

**7:1 "Ang pinaka-punong saserdote"** Ito ay si Caifas. Tingnan nakasulat sa 4:6.

**7:2 "At kanyang sinabi "** Ang depensa ni Esteban ay tunay na katulad sa aklat ng mga Hebreo. Kanyang sinagot ang mga akusasyon sa dalawang paraan : (1) ang mga taong Hudyo ay patuloy na tinatanggihan si Moises sa nakaraan at (2) ang templo ay isa lang sa ilang paraan ng Diyos para makausap ang Israel. Ito ang matuwid na kasagutan sa mga akusasyon laban sa kanya sa 6:13.

▣ **"Pakinggan"** Ito ang AORIST TAHASANG PAUTOS na anyo ng Griego ang salitang *akouō*. Ito ay ginagamit sa Septuagint para mag-salin ng tanyag na dasal ng Judaismo, ang Shema (cf. Deuteronomio 6:4-5). Ito ay ginamit din sa mga propeta para maipakita ang pandamang "makarinig para makasagot" (cf. Mikas 1:2; 6:1). Napakahirap maging tiyak itong teknikal na pahiwatig ay nandoon nang ang mga taong Hudyo ay magpahayag ng kanilang Hebreong kaisipan sa Griego salitang Koine, subalit sa ilang konteksto ito ay maaaring totoo.

▣ **"Ang Diyos ng Kaluwalhatian"** Ang Diyos ng kaluwalhatian (cf. Mga Awit 29:3) ay nagpakita kay Patriyarkang Abraham (cf. Genesis 12:1, 15:1,4; 17:1; 18:1, 22:1), sa ganito nagsimula ang mga taong Hudyo. Tingnan sa Natatanging Paksa sa 3:13.

▣ **"Abraham"** Si Abraham ay kinikilalang ama ng mga Hudyo. Siya ang unang Patriyarka. Ang pag tawag sa kanya at pagsunod sa paglakad kasama ang Diyos ay inilarawan sa Genesis 12:1-25:11. Sa Mga Taga – Galacia 3 at kalaunan sa Mga Taga- Roma 4 Si Pablo ay ginamit siyang bilang modelo ng katarungan sa pamamagitan ng kagandahang-loob sa paniniwala.

▣ **"Ng Siya ay nasa Mesopotamia bago manirahan sa Haran"** Genesis 11:31 ay nagpapahiwatig na si Abraham ay nasa lungsod ng Haran ng si YHWH ay makipag – usap sa kanya. Gayunman, ang panahon ng pakikipag-usap ng Diyos kay Abraham ay hindi sinabi ang katiyakan. Si Abraham ay mula sa Ur ng mga Caldeo (cf. Genesis 11:28,31), subalit kalaunan ay lumipat sa Haran (cf. Genesis 11:31,32; 29:4) pagsunod sa kautusan ng Diyos. Ang punto dito ay ang Diyos ay nakipag-usap kay Abraham sa labas ng lupain ng Canaan. Si Abraham ay walang pag –aari o mag may –ari ng alin mang bahagi ng Banal na Lupain (cf. v. 5) Sa panahon ng kanyang buhay (maliban sa kuweba para ilibing ang kanyang pamilya, cf. Genesis 23:9).

Ang salitang "Mesopotamia" ay maaaring tumutukoy sa ibat-ibang grupong mga etniko:

1. Isang grupong mga tao sa hilaga ng Tigris at Euphrates (i.e., "Syria sa pagitan ng mga Ilog ")
2. Isang grupong mga tao malapit sa bukana ng Tigris and Euphrates

**7:3 "IWAN ANG INYONG LUPAIN AT MGA KAMAG-ANAKAN, AT PUMUNTA KA SA LUPAING ITUTURO KO SAIYO"** Ito ay inulit na salita mula sa Genesis 12:1. Ang usaping teolohikal ay tungkol sa pag-uulit ng sinabi ng Diyos kay Abram:

1. Nang siya ay nasa Ur bago niya dinala ang kanyang amang si Terah at pamangkin na si Lot sa Haran
2. Nang siya ay nasa Haran at siya ay naghintay hanggang mamatay ang kanyang ama para sumunod sa Diyos sa timog ng Canaan?

**7:4 "Siya ay umalis sa lupain ng mga Caldeo"** Ang Caldea (BDB 505) ay maaaring pangalan ng distrito na malapit sa bukana ng Tigris at mga ilog sa Euphrates (tingnan sa mga nakasulat sa 7:2). Sakalaunan ito ay tumutukoy sa bansang lumago sa rehiyon na ito, nakilala rin bilang Babilonia (BDB 93). Ang bansang ito ay gumawa ng maraming iskolar na nagpalago ng maraming paraan sa matematika na may kaugnayan sa paggalaw ng mga liwanag sa gabi (i.e., mga planeta, mga tala,mga kometa, at iba pa). Itong grupo ng mga pantas (i.e., mga astrologo) ay nakilala rin sa pangalang Caldeo (cf. Daniel 2:2; 4:7; 5:7-11).

▣ **"Haran"** Haran (BDB 357) ay isang lungsod na linipatan nina Terah, Abraham, at Lot (cf. Genesis 11:31-32). Isa pang kapatid na lalaki ni Abram ay tumira doon at ang lugar ay tinawag sa kanyang pangalan (i.e., lungsod ng Nahor, cf. Genesis 24:10; 27:43). Ang lungsod na ito ay nasa mataas na bahagi ng Euphrates (i.e., dumadaloy na ilog sa ibang ilog, Balikh) ay nagsimula noong pangatlong miliniyum B.C. at napanatili ang pangalan hanggang ngayon. Para lang malaman ng lahat, ang kapatid ni Abraham na si, Haran (BDB 248), ay hindi pareho ang pagkabaybay sa Hebreo bilang lungsod.

▣ **"pagkatapos mamatay ng kanyang ama"** Marami ang nakakita ng pagkakasalungat dito sa pagitan ng Genesis 11:26,32 at 12:4.Maaaring mayroong kahit dalawang kalutasan.

1. Si Abraham ay maaaring hindi panganay na anak, subalit siya ang pinakatanyag na anak (i.e., unang naisulat ).
2. Ang Samaritano sa Pentateuch ay kagaya ng gulang ni Terah ng mamatay sa gulang na 145, hindi 205, na naitala sa tekstong Hebreo.

Tingnan sa Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, p. 378.

**7:5 "Siya ay nangako na IBIBIGAY NIYA SA KANYA ANG ARI-ARIAN, AT SA KANYANG LIPI PAGNAMATAY NA SIYA"** Ito ay isang pahiwatig Sa Genesis 12:7 o 17:8. Ang susi sa teolohikal ay hindi lang ang pangako ng Diyos, subalit ang pananalig ni Abraham sa Diyos na binigyan siyang lipi at ari-arian. Ang pananalig ay binigyang –diin sa Genesis 15:6 (cf. Mga Taga-Galacia 3:6; Mga Taga-Roma 4:3).

**7:6** Ang paghuhula sa propesiya ay naisulat sa Genesis 15:13,14 at muling pinatunayan sa Exodo 3:12. Gayunman,sa Exodo 12:40 ay may "430 taon" imbes na "400 taon." Ang Septuagint (LXX) ay isinalin ang Exodo 12:40 bilang "at ang pansamantalang pagtira ng mga anak ng Israel, samantalang tumira sila pansamantala sa lupain ng Egipto at sa lupain ng Canaan ng 430 taon."

Ang mga guro ay nagsabi na ang bilang na "400 taon" ay nagsimula sa pag handog ni Isaac sa Genesis 22. Tinawag ni John Calvin ang 400 taon na bilog na bilang. Ito ay maaaring may kaugnayan sa apat na salinlahi na may 100 taon bawat isa (cf. Genesis 15:16).

**7:7 "AT KAHIT ANONG BANSA"** Ito ay inulit muli mula sa Septuagint ng Genesis 15:14. Ang ibig sabihin nito ay hindi para maging mahina sa pag-unawa, subalit sa pangkalahatan na pagpapahayag. Ang bansa ay maliwanag na ang Egipto. Ang ibang mga bansa, gayunman (i.e., Filistia, Siria, Asiria, Babilonia), ay maging magpahirap sa Israel at ang Diyos ay parurusahan din sila.

▣ **"AT PAGKATAPOS NOON"** Ang buong parirala ay inulit mula sa Exodo 3:12. Si Esteban ay maluwag na nagpapahayag, pagpapatuloy ng kasaysayan ng Israel.

Ang tekstong ito ay nagpapahayag na ang Canaan at Herusalem ay magiging kakaibang mahalagang lugar ni YHWH. Ito ay pinagdiinan sa Deuteronomio.

▣ **"SA LUGAR NA ITO"** Sa kontekstong inullit mula sa Exodo. 3:12, ito ay tumutukoy sa Bundok ng Sinai (Tingnan sa Natatanging Paksa sa 7:30), na ito rin ay nasa labas ng Lupang Ipinangako at ito ang lugar ng isa sa mahalagang pangyayari sa buhay ng Israel (ang pagbigay ng Kautusan kay Moises).

**7:8 "kasunduan"** Tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:47.

▣ **"pagtutuli"** Ito ay ginagawa ng lahat na magkakapitbahay sa Israel, maliban sa mga Filistia (Mga taong Griegong nasa Aegean). Para sa maraming kultura ito ay isang ritwal na paraan ng pagkalalaki, subalit hindi para sa Israel, ito ay ang pangsimulang ritwal sa mga Taong nakipagsunduan. Ito ay isang simbolo ng isang mahalagang relasyon sa pananalig kay YHWH (cf. Genesis 17:9-14). Bawat Patriyarka ay tinuli ang kanilang mga sariling anak (i.e., gumanap bilang saserdote para sa kanyang pamilya). Robert Girdlestone, Synonyms of the Old Testament, p. 214, ay nagsabi na ang ritwal ng pagtutuli ay may kaugnayan sa ritwal ng pagpapatulo ng dugo sa pamamagitan ng pagtutuli. Ang dugo ay may kaugnayan sa pormang kasunduan (cf. Genesis 15:17), pagsira sa kasunduan (cf. Genesis 2:17), at pagtubos sa kasunduan (cf. Isaias 53).

▣ **"ang labing –dalawang patriyarka"** Ito ang nakagawiang pagtukoy kay Abraham, Isaac, at Jacob, subalit dito ito ay tumutukoy sa labing – dalawang anak na lalaki ni Jacob, na magiging mga tribu ng Israel.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:9-10

**[9]Ang mga patriyarka ay NAINGGIT KAY JOSE AT IPINAGBILI SIYA SA EGIPTO. Ngunit ang Diyos ay sumakanya, [10]at hinango siya sa lahat ng kanyang kahirapan, at pinagkalooban ng tulong at karunungan sa pagharap sa Faraon, ang hari Egipto, at ginawa siyang gobernador ng Egipto at ng kanyang buong sambahayan.**

**7:9 "Jose"** Ito ay mahalaga na makikita sa Genesis 37:11,28; 45:4. Si Esteban ay nagsusumikap na ipakita na ang mga taong Hudyo at ang kanilang mga lider ay palaging tinatanggihan ang piniling lider ng Diyos (cf. Moises sa v. 35).

**7:10** Itong naisulat ay makikita sa Genesis 39:21; 41:40-46.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:11-16

**[11]Ngayon nagkaroon ng taggutom sa buong Egipto at Canaan, at matinding kahirapan dito, at ang ating mga ninuno ay walang makunan ng pagkain. [12]Subalit ng mabalitaan ni Jacob na may trigo sa Egipto, pinaparoon niya ang ating mga ninuno doon sa unang pagkakataon. [13]Sa ikalawang pagpunta nila nagpakilala na si Jose sa kanyang mga kapatid at nalaman ng Faraon ang tungkol sa kanyang pamilya. [14]Kaya ipinasundo ni Jose si Jacob ang kanyang**

**ama at ang lahat na kamag-anakan na pumunta sa kanya, pitumput limang lahat. [15]At pumunta si Jacob sa Egipto at doon Siya at ang ating mga ninuno ay namatay. [16]Magmula roon ang kanilang mga labi ay dinala sa Siquem at inilagay sa libingan na binili ni Abraham sa mga anak ni Hamor sa Siquem.**

**7:11** Itong naisulat ay makikita sa Genesis 41:54-55; 42:5.

**7:12** Itong naisulat ay makikita sa Genesis 42:4.

**7:13** Itong naisulat ay makikita sa Genesis 45:1-4.

**7:14 "pitumput - lima"** Sumunod dito ang Septuagint at ang mga naka Rolyo na manuskripto ng Dagat na Patay, samantala ang Masoretic na Teksto ay "pitumpu" (cf. Genesis 46:27; Exodo 1:5; Deuteronomio 10:22). Sa simula, tila ang suliranin sa manuskripto ay nasa pagitan ng LXX, na inuulit ni Esteban, at ang teksto ng Hebreo sa Exodo 1:5. Sa karagdagang kuro-kuro ay maaaring dalawang paraan ang pagbilang sa lahat ng lipi ni Jacob. Ang suliranin ay lumitaw sa pagitan ng Genesis 46:26 at 27:

1. Ang MT ng talatang 27 ay may dalawang lalaki na ipinanganak kay Jose sa Egipto, samantala ang LXX ay may siyam, na ang ibig sabihin sina Ephraim at Manassah sa kalaunan ay may maraming anak sa pagitan nila
2. Sa tekstong Hebreo si Jacob at ang kanyang asawa ay nabilang, subalit ang ibang anak nina Ephraim at Manasseh ay hindi nabilang

Sa tekstong Griego (LXX) si Jacob at ang kanyang asawa ay hindi nabilang, ngunit ang ibang anak nina Ephraim at Manasseh ay nabilang. Kapwa ay tama, ngunit dinagdagan nila ang lipi sa ibat-ibang mga paraan sa ibat –ibang panahon ng buhay ni Jacob. Ang tekstong Hebreo ay nakilala bilang ang Mga Rolyo ng Dagat na Patay na may "pitumput- limang tao" sa Genesis 46:27 at Exodo 1:5. Si Philo ng Alexandia ay nalalaman ang kapwa bilang.

Tayo ay nakikinabang sa mga modernong iskolarship pagdating sa mahirap na teksto o suliranin sa bilang kagaya nito. Mayroong bagong tipo na pinagkukunan tungkol sa Bibliya na mayroon na ngayon na tumutukoy sa mahihirap na teksto. Aking irerekomenda:

1. *Hard Sayings of the Bible*, IVP
2. *More Hard Sayings of the Bible*, IVP
3. *Encyclopedia of Bible Difficulties* by Gleason Archer.

Para sa diskusyon ng Mga Gawa 7:14-15 tingnan ang #1 pp. 521-522.

**7:15** Itong naisulat ay makikita sa Genesis 46:5; 49:33; Exodo 1:6.

**7:16 "Sa Siquem"** Mula sa nakasulat sa Genesis ay ang (1) paglibing kay Jose na naitala sa Josh. 24:32 at (2) paglibing kay Jacob na naitala sa Genesis 50:13, tila baga may pagkukulang sa sermon ni Esteban. Ang suliranin ay (1) ang lungsod; ito ay dapat Hebron, hindi Siquem, o (2) ang patriyarka; ito ay dapat si Jacob, hindi si Abraham. Gayunman, si Abraham at Jacob ay kapwa bumili ng lupain (cf. Genesis 23:16; 33:19). Sa Hebron inilibing sina Sarah at Abraham (cf. Genesis 23:19; 25:9), kagaya nina Isaac at Rebekah (cf. Genesis 49:29-31) at Jacob (cf. Genesis 50:13). Kahit na ito ay di- tiyak tungkol sa libingan sa Siquem, ay maaari rin na si Abraham ay bumili ng bukirin ng siya ay pumunta roon. sa Genesis 12:6-7. Sa kalaunan si Jacob ay tumubos ng katulad na lupain (cf. Genesis 33:19; Josh. 24:32). Itoay maliwanag na panghuhula, ngunit si Esteban ay lumalabas na maraming alam sa kasaysayan ng Lumang Tipan at ito lang ang paraan para magkasundo ang maraming kasulatan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:17-29

**[17]Ngunit ng nalalapit na ang panahon ng pagtupad ng Diyos sa kanyang pangako kay Abraham, ang mga tao ay dumami at domoble sa Egipto, [18]HANGGANG DUMATING ANG PANIBAGONG HARI NG EGIPTO NA WALANG ALAM TUNGKOL KAY JOSE. [19]Siya itong nagsamantala sa ating lahi at inapi ang ating mga ninuno para ilabas ang kanilang mga sanggol at hanggang mamatay. [20]Yaon ang panahon ng si Moises ay isinilang; at siya ay kinalugdan ng Diyos, at siya ay inalagaan ng kanyang ama sa kanilang bahay sa loob ng tatlong buwan. [21]At pagkatapos na siya ay itinapon sa labas, inampon siya ng anak ng Faraon at itinuring na sariling anak. [22]Si Moises ay tinuruan ng lahat ng karunungan ng mga Egipcio, at siya ay naging dakila sa mga salita at sa mga gawa. [23]Subalit ng siya ay malapit ng maging apat napu sa gulang, naisipan niyang puntahan ang kanyang kababayan, mga anak ng Israel. [24]At ng kanyang makita ang isa sa kanila na pinapahirapan, tinulungan niya ito at bilang paghihiganti ay pinatay niya ang Egipcio. [25]Akala ni Moises ay mauunawaan ng kanyang mga kababayan na sila ay ililigtas ng Diyos sa pamamagitan niya, subalit hindi nila ito maunawaan. [26]Kinabukasan, may nakita siyang dalawang nag-aaway, at sinikap niy ang awatin, nagsabi siya, "Kaibigan, kayo ay aking mga kapatid, bakit kayo nag-aaway?" [27]Subalit tinabig siya ng lalaking nananakit ng kanyang kapitbahay at nag sabi, "SINONG NAGLAGAY SAIYO UPANG MAGING PINUNO AT HUKOM NAMIN? [28]IBIG MO BA AKONG PATAYIN GAYA NG GINAWA MO KAHAPON SA EGIPCIO, IBIG MO?"**

**[29]Sa ganoong tinuran, Si Moises ay tumakas at nanirahan sa lupain ng MIDIAN, na naging ama ng dalawang anak na lalaki.**

**7:17** Ito ay tumutukoy sa Genesis 15:12-16 ( ang Pangako) at Exodo 1:7 (ang kanilang malaking bilang).

**7:18 "HANGGANG MAY DUMATING NA ISA PANG HARI"** Ito ay inulit mula sa Exodo 1:8. Mayroon at nagpapatuloy ang diskusyon ng mga iskolar sa petsa ng Exodo. Ang pagkakilanlan nitong Egipciong hari ay nagkaroon ng hindi pagkakaisa. Sinuman ay maaaring makilala siya bilang Egipciong hari mula XVIII dinastiya (1445 B.C.) o mula XIX dinastiya (1290 B.C.). Isa pang teorya ang umuugnay sa Egipciong haring ito sa unang katutubong Egipciong dinastiya na nagpabagsak sa mga Hyksos (Semitiko) mga namamahala sa Egipto. Ito ay magpapaliwanag sa paggamit ng *heteros* sa v. 18. Ang katutubong Egipcio ay hindi gusto ang mga Semites, kagaya ng mga Hebreo, ng malaking bilang sa kanyang nasasakupan, natatakot na masakop muli sila kagaya ng mga Hyksos.

## NATATANGING PAKSA: PETSA NG EXODO

A. Mayroong dalawang pangdalubhasang mga pananaw sa petsa ng Exodo:
   1. Mula sa I Mga Hari 6:1, na nagsasabing, "480 na taon mula sa Exodo hanggang sa pagtatayo ng Templo ni Solomon"
      a. Nagsimula si Solomon na mamuno noong 970 B.C. Ito ay nakuha sa pamamagitan ng paggamit sa labanan sa *Qarqar* (853 B.C.) bilang isang tiyak na panimulang petsa.
      b. Ang Templo ay naitayo sa kanyang ikaapat na taon (965 B.C.), at ang Exodo ay nangyari noong 1445/6 B.C.
   2. Ito ay maaaring nangyari noong ika-18 Dinastiya ng Ehipto.
      a. Ang Faraon ng kalupitan ay maaaring si *Thutmose III* (1490-1436 B.C.).
      b. Ang Faraon ng Exodo ay maaaring si *Amenhotep II* (1436-1407 B.C.).
         (1) Ang ilan ay naniniwala na ang katibayan na mula sa Jericho ay batay sa katotohanan na walang pang-diplomatikong pagsusulat ang naganap sa pagitan ng Jericho at Ehipto sa panahon ng pamumuno ni *Amenhotep III* (1413-1377 B.C.).
         (2) Ang mga *Amarnang* teksto ay nagtala ng mga pang-diplomatikong pagsusulat sa ostraca patungkol sa *Habiru* na namiminsala sa lupain ng Canaan sa pamumuno ni *Amenhotep III*. Samakatuwid, ang Exodo ay nangyari sa pamumuno ni *Amenhotep II*.
         (3) Ang panahon ng Mga Hukom ay hindi ganoong kahaba kung ang ika-13 siglo ang petsa ng Exodo.
   3. Ang mga maaaring suliranin sa mga petsang ito ay:
      a. Ang Septuagint (LXX) ay may 440 taon, hindi 480.
      b. Ito ay maaari na ang 480 taon ay kumakatawan sa 12 mga salinlahi na 40 years bawat-isa, samakatuwid, isang naglalarawang bilang.
      c. Mayroong 12 salinlahi ang mga saserdote mula kay Aaron hangang kay Solomon (cf. I Cronica 6), pagkatapos 12 mula kay Solomon hangang sa Pangalawang Templo. Ang mga Hudyo, tulad ng mga mga Griyego, ay ipinagpapalagay ang isang salin-lahi na apatnapung taon. Samakatuwid, mayroong isang 480 taong yugto pabalik at patuloy (simbolikong paggamit ng mga bilang) (cf. Bimson's *Redating the Exodus and Conquest*).
   4. Mayroong tatlong ibang mga teksto na nagbanggit ng mga petsa:
      a. Genesis 15:13,16 (cf. Mga Gawa 7:6), 400 taon ng pagkaalipin
      b. Exodo 12:40-41 (cf. Galacia 3:17)
         (1) MT - 430 taon ng paninirahan sa Ehipto
         (2) LXX - 215 taon ng paninirahan sa Ehipto
      c. Mga Hukom 11:26 - 300 taon sa pagitan ng araw ni Jephte at ang pananakop (natataguyod ng 1445 na petsa)
      d. Mga Gawa 13:19, exodo, paglalagalag at pananakop - 450 taon
   5. Ang may-akda ng Mga Hari ay gumamit ng partikular na pangkasaysayang sangunian at hindi tinantsa ang mga bilang (Edwin Thiele, *A Chronology of the Hebrew Priests*, pp. 83-85)

B. Ang pansamantalang katibayan mula sa arkeolohiya ay tila nagtuturo sa isang petsa ng 1290 B.C., o ang ika-19 na Dinastiya ng Ehipto.
   1. Si Jose ay kayang dumalaw sa kanyang ama at sa Faraon sa parehong araw. Ang unang katutubong Faraon na nagsimulang ilipat ang kabisera ng Ehipto mula sa Thebes pabalik ng Delta ng Nila, sa isang lugar na tinatawa na *Avaris/Zoan/Tanis* na siya lumang kabisera ng Hyksos, ay si *Seti I* (1309-1290). Siya ang maaaring ang Faraon ng kalupitan.
      a. Ito ay tila umaakma sa dalalwang bahagi ng kaalaman patungkol sa pamumuno ng Hyksos sa Ehipto.
         (1) Ang isang inukit na bato ay natagpuan mula sa panahon ni Rameses II na naggugunita ng

pagkakatatag ng Avaris apat na raang taon na mas maaaga (1700's B.C. ng mga Hyksos)
(2) Ang prosiya ng Genesis 15:13 ay nagsaabi ng 400 na taon ng pang-aapi
b. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagtaas sa kapangyarihan ni Jose ay sa ilalim ng isang *Hyksos* (Semitikong) na Faraon. Ang bagong Ehipsyong Dinastiya ay tinutukoy sa Exodo 1:8.
2. Ang *Hyksos*, ang Ehipsyong salita na nangangahulugang "mga pinuno ng mga banyagang lupain," na isang pangkat ng mga pinunong hindi Semitikong Ehipsyo, ay namahala sa Ehipto noong ika-15 at ika-16 na Dinastiya (1720-1570 B.C.). Ang ilan ay nais iugnay sila sa pagtaas sa kapangyarihan ni Jose. Kung ating ibabawa ang 430 taon ng Exodo 12:40 mula sa 1720 B.C., makukuha nating ang petsa na halos 1290 B.C.
3. Ang anak ni Seti I ay si Rameses II (1290-1224). Ang pangalang ito ay nabanggit sa isa sa mga pamilihang itinayo sa mga lungsod ng mga aliping Hebreo, Exodo 1:11. Gayundin ang katulad na distrito sa Ehipto na malapit sa Goshen ay tinawag na Rameses, Genesis 47:11. *Avaris/Zoan/Tanis* ay kilala bilang "Bahay ni Rameses" mula sa 1300-1100 B.C.
4. Si Thutmoses III ay kilala bilang isang dakilang tagapagtayo, tulad ni Rameses II.
5. Si Rameses II ay may 47 na anak na babae na naninirahan sa magkakaibang mga palasyo.
6. Ang Arkeolohiya ay ipinapakita na ang karamihan sa malalaging pinaderang mga lungsod na Canaan (Hazor, Debir, Lachis) ay nawasak at mabilisang naitayo noong 1250 B.C. Sa pagpapahintulot ng isang 38 taon na yugto ng paglalakad sa ilang ay umaakma sa isang petsa na 1290 B.C.
7. Ang Arkeolohiya ay natagpuan ang isang sanggunian sa mga Israelita na nasa katimugang Canaan isang pang-alalang linilok na bato ng pumalit kay Rameses, *Merneptah* (1224-1214 B.C. [cf. Ang Linilok na Bato ni Merneptah, na ang petsa ay 1220 B.C.]).
8. And Edom at Moab ay tila nakamit ang malakas na pambasang pagkakilanlan sa huling bahagi ng 1300 B.C. Ang mga bansang ito ay hindi pa naitatag noong ika-15 siglo (Glueck).
9. Ang aklat na may pamagat na *Redating the Exodus and Conquest* by John J. Bimson, na inilathala ng University of Sheffield, 1978, ay nangangatuwiran laban sa lahat ng mga arkeolohikong katibayan para sa isang mas maagang petsa.

C. Maaaring mayroong bagong petsa na higit na maaga kaysa 1445 B.C. Tingnan sa patnubay ng Kasaysayan, "The Exodus Decoded," na nagpapatotoo ng sa hilaga ang ruta.

**7:19** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 1:10ff.

**7:20 "Si Moises ay ipinanganak"** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 2.

▣ **"kinalugdan siya ng Diyos"** Ito ay isang paraan ng Hebreo sa salitang maganda (cf. Exodo 2:2). Kahit si Josephus ay pinuna ang kagandahan ni Moises' (cf. *Antiq*. 2.9.6).

**7:21** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 2:5-6,10.

▣ **"inilagay sa labas "** Ito ay salitang Griego *ektithēmi*, na ang ibig sabihin "ilabas" (cf. v. 19) o "ilagay sa labas." Ang mga Egipto ay pinilit ang mga Hebreo na iwanan ang kanilang mga anak na lalaki sa mga elemento at mabangis na hayop para makontrol ang mabilis na paglago ng populasyon.

▣

**NASB, NKJV "Kinuha siya ng anak na babae ng Faraon"**
**NRSV, NJB "Inampon siya ng anak na babae ng Faraon"**
**TEV "Inampon siya ng anak na babae ng hari"**

Ang salitang *anaireō* ang ibig sabihin ay "itaas." Si Moises ay tunay "na itinaas" mula sa ilog at sa ginawang ito, siya ay inampon ng anak na babae ng Faraon.

**7:22** Si Moises ang may pinaka mabuting akademika at pagsasanay sa hukbo ng sundalo sa kanyang panahon sa kaharian ng Faraon.

▣ **"siya ay may kapangyarihan sa mga salita at sa mga gawa"** Ito marahil ang buod ng huling yugto ng buhay ni Moises dahil sa kanyang di- inaasahang makita si YHWH sa nagliliyab na punong kahoy na inako niyang hindi siya makapagsalitang mabuti (cf. Exodo 4:10-17).

**7:23-24** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 2:11-12.

**7:23 "siya ay malapit ng maging apatnapu na gulang"** Sa aking palagay si D. L. Moody ang nagsabi ng ang buhay ni

Moises ay maaaring hatiin sa tatlong grupong apatnapu:

1. Sa unang apatnapung taon ang akala niya siya ay naiiba (i.e., nag-aral sa palasyo ng Faraon)
2. Sa pangalawang apatnapung taon naisip niyang siya ay naging walang kwentang tao (i.e., tumira sa lupaing Midian at natuto ng mga paraan sa maliit na lupa ng disyertong Sinai)
3. Sa pangatlong apatnapung taon nalaman niyang ano ang magagawa ng Diyos sa walang kwentang tao (i.e., maging lider sa mga tao ng Diyos patungo sa Lupang Ipinangako)

**7:25** Ang talatang na ito ay naging hula ni Esteban (maaaring tradisyon ng mga Hudyo); hindi ito makikita sa Exodo.

**7:26-29** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 2:13-14.

**7:28** Ang katanungan ay hindi umaasang "hindi" na kasagutan.

**7:29 "Sa ganitong tinuran Tumakas si Moises"** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 2:15,22. Si Moises ay natakot sa pagkakapatay sa Egipcio, ito ay nagpapakita na ang Faraon ay hindi siya sinusuportahan kahit siya ay inampon ng isa sa kanyang mga anak na babae. Kahit na ganon, Mga Hebreo 11:27 ay malinaw!

▣ **"At naging banyaga sa lupaing MIDIAN"** Ang Diyos ay nagpakita kay Moises sa sa nagliliyab na mababang punong kahoy sa lupaing Midian (cf. Exodo 3-4) at ipinaalam ang Kanyang kautusan sa kanya sa Sinai sa lupaing Midian (cf. Exodo 19-20), ito ay nagpapakita na ang Diyos ay walang hanggahan kung saan Siya magpapakilala ng Kanyang Sarili. Ito ay parehong nagbibigay –diin sa Diyos sa pagpapakilala sa Kanyang Sarili bukod sa Templo ng Herusalem na makikita sa Mga Gawa 7:36, 44, 48, at 53.

▣ **"naging ama ng dalawang anak na lalaki"** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 2:22; 4:20; 18:3-4.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:30-34

**30Makalipas ang apatnapung taon, isang anghel ang nagpakita sa kanya sa ilang ng Bundok Sinai, sa isang nagliliyab na mababang matinik na kahoy. 31Nang makita ito ni Moises, siya ay nanggilalas sa kanyang nakita ; at nang lapitan niya upang tingnan mabuti, narinig niya ang tinig ng Panginoon, 32"Ako ang Diyos ng iyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham at Isaac at Jacob." Si Moises ay nanginig sa takot at hindi makatingin. 33Ngunit ang Panginoon ay nagsabi sa kanya," Alisin mo ang iyong panyapak, sapagkat ang lugar na iyong kinaroroonan ay banal na lugar. 34Nakikita Ko ang pang-aapi ng Egipto sa aking bayan at narinig ko ang kanilang mga daing, at bumaba ako upang sila ay iligtas ko; halika, at susuguin kita sa Egipto."**

**7:30** Itong naisulat ay makikita sa Exodo, mga kabanata 3 at 4.

▣ **"ang anghel"** Sa Lumang Tipan na teksto ang anghel ay talagang si YHWH. Tingnan sa buong naisulat sa 5:19. Tingnan kung paano isalarawan ang anghel na ito.

1. Exodo 3:2, "ang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanya sa nagliliyab na apoy "
2. Exodo 3:4, "nang ang Panginoon (i.e., YHWH) makita siya na hindi makatingin "
3. Exodo 3:4, "Ang Diyos (i.e., *Elohim*) tinawag siya mula sa gitna ng mababang punong kahoy "

Tingnan sa Natatanging Paksa: Mga pangalan para sa diyus-diyusan sa 1:6.

▣ **"Bundok Sinai"** Tingnan sa Natatanging paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: KINAROROONAN NG BUNDOK SINAI

A. Kung Moises ay nagsasalita nang literal at hindi paglalarawan lamang ng tatlong araw na paglalakbay na kanyang hiniling sa Faraon (3:18; 5:3; 8:27), ito ay hindi sapat na panahon upang makarating sa kinaugaliang lugar sa katimugang peninsula ng sinai. Samakatuwid, ang ilang mga dalubhasa ay inilagay ang lugar ng bundok malapit sa oasis ng Cades-Barnea.

B. Ang tradisyonal na lugar na tinatawag na "Jebel Musa," sa Ilang ng Kasalanan, ay may maraming mga bagay na sa kanyang panig:
   1. Mayroong isang malaking kapatagan bago ang bundok.
   2. Ang Deuteronomio 1:2 ay nagsasabing ito ay isang labing-isang araw na paglalakbay mula Bundok Sinai patungong Cades-Barnea.
   3. Ang salitang "Sinai" ay isang di-Hebreong salita. Ito ay maaaring mainugnay sa Ilang ng Kasalanan, na tumutukoy sa isang maliit na palumpong sa disyerto. Ang Hebreong pangalan para sa bundok ay Horeb (ilang).

4. Bundok Sinai ay naging kinaugaliang lugar mula pa noong ika-4 na siglo A.D. Ito ay nasa "lupain ng Midian" na kinabibilangang ng isang malaking sukat sa Sinai peninsula at Arabia.
5. Tila napatunayan ng arkeolohiya ang lugar ng ilang mga lungsod na nabanggit sa tala ng Exodo (*Elim, Dophkah, Rephidim*) bilang sa kanlurang panig ng Sinai Peninsula.

C. Ang mga Hudyo ay hindi nagkagusto sa heograpiyang kinalalagyan ng Bundok Sinai. Sila ay naniniwala na binigay ng Diyos ang Kautusan sa kanila at tinupad ang Kanyang pangako mula sa Genesis 15:12-21. "Saan " ay hindi ang paksa at hindi nila ibig na bumalik sa lugar na ito (i.e., walang taunang paglalakbay sa banal na lugar ).

D. Ang kinaugaliang lugar ng Bundok Sinai hindi pa napatunayan hanggang ang *Pilgrimage of Silvia*, ay naisulat noong A.D. 385-8 (cf. F. F. Bruce, *Commentary on the Book of the Acts*, p. 151).

E. Maraming haka-haka ngayong bago sa maaaring kinalalagyan na nasa kabilang ibayo ng Gulpo ng Aqaba sa Arabia. Ito ay inangkin

1. Na ang lupain ng Midian ay laging eksklusibo sa Arabia
2. Na ang Mga Taga - Galacia 4:25 si Pablo ay nagsabi ito ay nasa Arabia
3. Na ang paggamit ng isang instrumento sa pagmapa ay naibunyag ang sinaunang lansangan patungong mula sa Egipto hanggang sa kabilang ibayo ng maliit na lupa ng Sinai na may mataas, mabatong tungtungan, na tumatawid sa Gulpo ng Aqaba
4. Na ang pinakatuktok ng pinakamataas na taluktok sa lugar na ito ay initiman (cf. Exodo 19:16,18)

Ito ay dapat na sabihing muli na hindi namin alam ang kinalalagyan!

**7:32** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 3:6.

▣ **"mga ama"** Kapwa sa tekstong Hebreo at salin ng Griego (i.e., Septuagint) ang salita ay Pang –Isahan. Sa bawat paglabas ng parirala ito ay Pangmarami. Kilala ng Diyos ang alipin na ama ni Moises.

**7:33** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 3:5. Si Moises ay lumapit sa mababang punong kahoy para mag-usisa, hindi sa debosyong pang relihiyoso.

Ang tunay na dahilan sa pag-alis ng kanyang sapatos ay hindi malinaw.

1. Ang sapatos ay maaaring marumi (i.e., dumi ng hayop)
2. Pag-alis ng sapatos ay maaaring simbolo ng paggiging matalik o magkakilala (i.e., sa bahay).
3. Ang kulturang pagsasanay ng mga Patriyarka o ritwal ng mga Egipcio

**7:34** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 3:7. Para sa akin ang bersong itong tungkol sa Diyos ay mahalaga sa kadahilanang ito: Pinapakinggan ni YHWH ang kanilang mga dasal, nakikita ang kanilang paghihirap, at sumasagot. Siya ay bumaba upang iligtas sila, subalit pansinin ang Kanyang pagligtas ay naisagawa sa pamamagitan ng isang tao. Sinugo ng Diyos ang nag-aatubiling si Moises. Pinili ng Diyos na makitungo sa mga tao sa pamamagitan ng mga tao!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:35-43

**[35]Itong si Moises na kanilang itinakwil, nagsabi, "Sino ang naglagay sa iyo upang maging pinuno at Hukom namin ?" Siya ang sinugo ng Diyos na maging pinuno at tagapagligtas sa tulong ng anghel na nagpakita sa kanya sa matinik na mababang punong kahoy. [36]Ang taong ito ang namuno, gumawa siya ng mga kababalaghan at simbolo sa lupaing Egipto at sa Dagat na Pula at sa ilang sa apatnapung taon. [37]Ito ang Moises na nagsabi sa mga anak ng Israel, "Ang Diyos ay pipili ng isa sa inyo at gagawing propeta tulad ko." [38]Siya ang kasama sa kapulungan ng nasa ilang at ng anghel na nakipag-usap sa kanya sa Bundok Sinai, at sa ating mga ninuno; at siya ay tumanggap ng mga buhay na salita mula sa Diyos upang ibigay sa atin. [39]Ang ating mga ninuno ay hindi sumunod sa kanya, bagkus itinakwil pa siya at gusto pa nilang bumalik sa Egipto, [40]Ang sabi nila kay Aaron, "IGAWA MO KAMI NG MGA DIYOS NA MANGUNGUNA SA AMIN; SAPAGKAT ITONG MOISES NA IYAN NA NAGLABAS SA AMIN SA LUPAING EGIPTO — HINDI NAMIN ALAM KUNG ANONG NANGYARI SA KANYA." [41]Sa panahong yaon gumawa sila ng bisirong baka at hinandugan ng mga hain ang diyus-diyusan, at ipinagpista nila ang ginawa ng kanilang mga kamay. [42]Subalit tinalikdan sila ng Diyos at pinabayaang sumamba sa mga diyus –diyusan; ayon sa nasusulat sa aklat ng mga propeta, "HINDI AKO ANG HINANDUGAN NINYO NG HAYOP NA PINATAY AY MGA PAGPAPAKASAKIT SA ILANG SA LOOB NG APATNAPUNG TAON, DI BA, BAYANG ISRAEL? [43]ANG DALA_DALA NINYO RIN AY ANG TABERNAKULO NI MOLOC AT ANG BITUIN NG DIYUS - DIYUSAN NA SI ROMFA, MGA LARAWAN NA GINAWA NINYO UPANG SAMBAHIN. ITATAPON KO RIN KAYO SA KABILA PA NG BABILONIA."**

**7:35 "Itong Moises na inyong itinakwil"** Ang taong bayan ng Diyos ay madalas itakwil ang tagapagsalita ng Diyos (cf. vv. 51-52). Ito marahil ang layunin ng v. 27!

▣ **"sa pamamagitan ng tulong ng anghel na nagpakita sa kanya sa matinik na mababang punong kahoy"** Muli ang Diyos ay pumunta sa isang Israelita sa labas ng Lupang Ipinangako. Ang Gawain ng Diyos ay walang hanggahan sa alinmang

lokalidad. Ang Israel ay maraming kasaysayan na naganap sa labas ng Canaan at sa harap ng Templo sa Herusalem. Sa lahat ng kasaysayan ng mga Israelita ang mga lider ng Diyos ay itinatakwil ng kanilang kapwa (cf. vv. 9,27-28,35,39). Ito ay isang paulit –ulit na paksa.

Itong anghel ay naglalarawan katulad ng diyus-diyusan (cf. Exodo 3:2,4). Itong pagpapakita ng pisikal na anyo ng Diyos ay makikita rin sa Genesis 16:7-13; 22:11- 15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 13:21; 14:19; Mga Hukom. 2:1; 6:22-23; 13:3-22; Zacarias 3:1-2. Gayunman,ito ang dapat sabihin na "ang anghel ng Panginoon" ay hindi laging nagpapakitang katawang tao bilang Diyos ; kung minsan siya ay isa lang anghel, isang mensahero, (cf. Genesis 24:7,40; Exodo 23:20-23; 32:34; Mga Bilang 22:22; Mga Hukom. 5:23; II Samuel 24:16; I Cronica 21:15ff; Zacarias 1:11; 12-13).

**7:36** Ito ang buod ng makapangyarihang himala ng Diyos (i.e., tungkod ni Moises) sa pamamagitan nina Moises at Aaron.

**7:37-38** Ito ay isang inuulit na salita ng Mesias mula Deuteronomio 18:15. Si Esteban ay kinikilala ang presensya ng Diyos sa panahon ng Exodo at sa panahon ng Paglalagalag sa Ilang kapwa bilang anghel ng Diyos at ang mahalagang kahalili ng Diyos para kay Moises (i.e., ang Mesias, ang Propeta). Si Esteban ay hindi minamaliit si Moises, bagkus totoong nakikinig kay Moises!

**7:38 "kapulungan"** Ito ay salitang Griego *ekklesia*, subalit ito ay ginagamit bilang pagtitipon, hindi simbahan. Tingnan sa Natatanging Paksa: Iglesiya sa 5:11.

▣ **"ang anghel na nakikipag-usap sa kanya sa Bundok Sinai"** Ang teolohiya ng mga Guru ay nagpapahayag na ang mga anghel ay tagapamagitan sa pagitan ni YHWH at pagbigay ng Kautusan (tingnan ang nakasulat sa 7:53). Ito ay maaari rin na ang anghel ay si YHWH ang kanyang Sarili (cf. Exodo 3:21 ihambing sa 14:19; at sa Exodo 32:34; Mga Bilang 20:16; Mga Hukom 2:1).

**7:39 "ang ating mga ninuno ay hindi sumunod sa kanya"** Si Esteban ay pinagdugtong –dugtong ang mga tuldok ng rebelyon sa Lumang Tipan. Ang kanyang pahiwatig ay ang mga Hudyo ay laging itinatakwil ang mga lider ng Diyos, at ngayon itinatakwil nila ang Mesias.

▣ **"itinakwil siya"** Itong naisulat ay makikita sa Mga bilang 14:3-4.

**7:40-41** Itong naisulat ay makikita sa Exodo 32. Ito ay hindi pagsamba sa diyus- diyusan, bagkus ang paggawa ng katawang-tao na imahen ng Diyos. Kalaunan ito ay naging pagsamba sa masaganang ani.

**7:41** Ang pakahulugan ni Esteban sa gintong bisirong baka ay bilang idolo at ginamit itong nangyari sa kasaysayan upang ipakilala ang inuulit mula Amos 5, na nagpapahiwatig na ang Israel, kahit na sa nakaraan katulad sa Exodo at Paglalagalag sa Ilang, ay nagsasamba sa diyus-diyusan at mapanghimagsik.

**7:42 "Tinalikdan sila ng Diyos at pinabayaang sumamba"** Ang mga bersong 42 at 43 ay inuulit ang mula Amos 5:25-27 kung saan ipinapahayag ni Amos na ang Israel ay laging naghahandog ng pagpapakasakit sa mga banyagang diyus-diyusan. Ito ay pang-araw-araw, at unang modelo ng kanilang kasaysayan (cf. Jos. 24:20). Ito ay nagpapa-alaala ng isang mapusok na mga pahayag ng pagtakwil sa Mga Taga – Roma 1:24,26,28.

▣ **"Ang diyus-diyusan ng langit "** Ito ay tumutukoy sa mga taga Asiria at taga Babilonia na sumasamb sa bituin (cf. Deuteronomio 17:3; II Mga Hari 17:16; 27:3; II Mga Cronica 33:3,5; Jeremias 8:2; 19:13). May ilang suliranin sa tekstwal sa pagitan ng tekstong Hebreo (MT) ng Amos 5:25-27, ang tekstong Griego (LXX) at ang inuulit ni Esteban :

1. Ang pangalan ng bituin ang diyus –diyusan. Ang MT ay may *kywn* o *kaiwann*, ang pangalan ng Asirian para sa planetang Saturn. Ang LXX ay may *rypn* o *raiphan*, na maaaring *repa*, ang Egiptong pangalan para sa diyus-diyusan ng planetang Saturn.
2. Ang tekstong Hebreo (MT) at ang tekstong Griego (LXX) ay may "sa kabila ng Damascus,"samantalang si Esteban ay may inuulit "sa kabila ng Babilonia."

Walang tanyag na sulat- kamay ni Amos na nabasa. Si Esteban ay maaaring pinag-isa ang pagpapatapon sa mga Asirian, na sinasabi ni Amos, sa kalaunan ang pagpapatapon sa mga Babilonian sa Judah, subalit pinapalitan ang lugar ng pagtatapunan.

Ang pagsamba sa mga diyus-diyusan na bituin ay nagsimula sa Mesopotamia, subalit lumaganap sa Siria at Canaan (cf. Job 31:26,27). Ang pagkakatuklas ng arkeolohiya sa Tell El-Amarna, na kasama ang daang-daang sulat mula Canaan hanggang Egipto noong 14 na siglo B.C. ay gumagamit din ng diyus-diyusan na bituin bilang mga pangalan ng lugar.

▣ **"sa mga aklat ng mga propeta"** Ito ay tumutukoy sa rolyo na naglalaman ng labing- dalawang batang Propeta (cf. 13:40). Ang inuulit na naisulat sa vv. 42-43 ay mula sa Septuagint ng Amos 5:25-27.

Ang susunod na parirala sa v. 42 ay isang katanungan na inaasahang ang kasagutan ay "Hindi".

**7:43 "MOLOC"** Ang mga katinig ng Hebreo sa salitang hari ay *mlk* (BDB 574). May ilang diyus-diyusan ang mga Cananeo na ang mga pangalan ay gumaganap sa tatlong katinig, *Milcom*, *Molech*, o*Moloch*. *Moloc* ay ang pinakapinuno ng diyus-diyusan para sa kasaganaan ng ani ng mga Amorreo na ang mga bata ay inihahandog para magkaroon ng kalusugan at kasaganaan sa komunidad o sa bansa (cf. Levitico 20:2-5; Deuteronomio 12:31; I Mga Hari. 11:5,7,33; II Mga hari. 23:10,13,14; Jeremias 7:31; 32:35). A. T. Robertson, *Word Pictures In the New Testament*, vol. 3, p. 93, ay nagsabi na ang *Moloch* ay ang "imahen ng ulo ng baka na nakabukas kamay kung saan ang mga bata ay inilagay at may butas sa ilalim para ang apoy ay maaaring makasunog sa ilalim." Ang pagbanggit ng salitang Molech sa Levitico 18:21 sa konteksto ang hindi nakatakdang pagsasamang sekswal, ay nagbigay sa mga iskolar na ipagpalagay na ang mga bata ay hindi ipinagpakasakit kay Molech, bagkus inihandog sa kanya bilang bayarang babae sa Templo, lalaki at babae. Ang konsepto ay humulma sa pangkalahatang pagsasanay ng pagsamba para sa kasaganaan.

▣ **"mga imahen"** Tingnan sa Natatanging Paksa sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: ANYO (*TUPOS*)

Ang suliranin ay ang salitang *tupos*, na mayroong iba't-ibang gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
   a. tularan
   b. balangkas
   c. anyo o paraan ng pagsulat
   d. kahatulan o kautusan
   e. kaparusahan o kapasyahan
   f. uliran ng katawang ng tao bilang mga panatang handog sa nagpapagaling na diyos
   g. PANDIWA na ginamit sa pagkaunawa ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 249
   a. pilat (cf. Juan 20:25)
   b. larawan (cf. Gawa 7:43)
   c. huwaran (cf. Hebreo 8:5)
   d. halimbawa (cf. I Corinto 10:6; Filipos 3:17)
   e. pinagparisan (cf. Roma 5:14)
   f. uri (cf. Gawa 23:25)
   g. mga nilalaman (cf. Gawa 23:25)
3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411
   a. tatak, isang bakas, isang palatandaan (cf. Juan 20:25)
   b. isang paglalarawan
   c. isang larawan (cf. Gawa 7:43)
   d. isang reseta, pamamaraan (cf. Roma 6:17)
   e. anyo, diwa (cf. Gawa 23:25)
   f. isang hugis, kapilas (cf. I Corinto 10:6)
   g. isang inaasahang hugis, uri (cf. Roma 5:14; I Corinto 10:11)
   h. isang huwarang tularan (cf. Gawa 7:44; Hebreo 8:5)
   i. isang mabuting tularan/huwaran (cf. Filipos 3:17; I Tesalonica 1:7; II Tesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Sa kaugnay na kahulugang ito, ang # i sa taas ang tila pinakamainam. Ang ebanghelyo ay kapwa aral at implikasyon ng lakad ng buhay. Ang walang bayad ng kaloob ng kaligtasan kay Kristo ay nangangailangan ng buhay na tulad kay Kristo!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:44-50

**44Nasa ating mga ninuno ang tabernakulo ng testimonya sa ilang, katulad ng sinabi Niya kay Moises,**
**inutusan siya na gawin ang modelo na kanyang nakita. 45At nang matanggap nila, ang ating mga ninuno ay**
**dinala ito kasama si Josue nang sakupin nila ang mga bansa na ipinapalupig ng Diyos, hanggang sa**
**kapanahunan ni David. 46Kinalugdan ng Diyos si David, at humingi ito ng pahintulot na makahanap ng**
**tahanan para sa Diyos ni Jacob. 47Ngunit si Solomon ang nagtayo ng tahanan para sa Kanya. 48Gayunman,**
**ang kataas- tasan ay hindi nanirahan sa mga bahay na ginawa ng tao; ayon sa sinabi ng propeta, 49"ANG**
**LANGIT AY ANG AKING TRONO, AT ANG LUPA AY TUNGTUNGAN NG AKING MGA PAA; ANONG URING BAHAY ANG**
**ITATAYO NINYO PARA SA AKIN?" ang sabi ng Panginoon, "O ANONG LUGAR DIYAN PARA SA AKING**
**PAGPAPAHINGAHAN, 50HINDI BAT AKO ANG GUMAWA NG LAHAT NG ITO?"**

**7:44** Itong naisulat ay makikita sa Exodo, mga kabanata 25-31; 36-40. Itong mga detalyadong plano ng tabernakulo ay ipinakita kay Moises sa Bundok Sinai. Ang aklat ng Mga Hebreo sa Bagong Tipan ay nagsasabi tungkol sa tabernakulo sa langit o sangtuwaryo (cf. 8:5-6; 9:11,23) na ang nasa lupa ay isang anino lang. Sa kabanata 6,ang unang akusasyon kay Esteban ay kumakalaban kay Moises (cf. 6:11), sa ngayon sila ay nagsisimulang magpasunod sa pangalawang akusasyon na siya ay laban sa Templo (cf. 6:13).

▣ **"ang modelo"** Tingnan sa Natatanging Paksa sa 7:43.

**7:45** Ito ay sumasakop sa panahon ng pananakop mula ( kahit alin 1400 o 1250 B.C.) hanggang sa panahon ni David (± 1011 B.C. hanggang 971/70 B.C., Harrison; 973 B.C., Young; 961 B.C., Bright).

**7:46** Ito ay tumutukoy sa II Samuel 7, na isang mahalagang naisulat. Ito ang pagkakatatag ng para sa Diyos ang kaharian ni David.

**7:47 "Si Solomon ang nagtayo ng bahay para sa Kanya"** Ito ay makikita sa I Mga Hari 6-8 at II Mga Cronica 1-6.

**7:48** Ang pahayag na ito ay katulad ng pahayag ni Solomon sa I Mga Hari 8:27 at II Cronica 6:18.

**7:49-50** Itong inuulit na salita ay mula sa Septuagint ng Isaias 66:1-2. Ang punto dito ay kahit na si Solomon ay nakita na ang isang gusali ay hindi makikita ang Diyos na lumikha !

Ang mga talatang ba na ito ay nagpapahiwatig ng pagtatalo para sa pagsasama sa mga Hentil? Gayunman, tila ito ay hindi maliwanag. Gayunman,nakita ni Solomon ang templo bilang lugar ni YHWH sa daigdig sa darating na panahon (cf. I Mga Hari 8:41-43). Ang mga Judiong nagsasalitang Griego (i.e., ang pito sa Mga Gawa 6) ang nakakita at nagpahayag ng pagmimisyon sa buong daigdig bago pa makita ng mga Apostol ang aspektong mga pagtuturo ni Hesus (cf. Mateo 28:18-20; Mga Gawa 1:8). Si Esteban ay maaaring nag papatotoo sa pahiwatig sa v. 50.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:51-53

**[51]" Kayong mga tao na matitigas ang leeg at hindi pa Kristiyano sa puso at mga tenga ay laging lumalaban sa Espiritu Santo; ginagawa ninyo ang ginawa ng inyong mga magulang. [52]Sino sa mga propeta ang hindi inusig ng inyong mga ninuno ? Pinatay nila ang nagpahayag ng pagdating ng Matuwid, na inyo namang ipinagkanulo at ipinapatay; [53]Tumanggap kayo ng Kautusan sa pamamagitan ng anghel, at hindi ninyo tinatalima."**

**7:51 "Kayong mga tao"** Si Esteban ay bumaling mula sa paghihimagsik ng mga lider ng mga Hudyo at mga tao sa nakaraan hanggang sa pangkasalukuyang mga lider at mga tao sa Templo na nakarinig ng kanyang mensahe. Sila at ang mga naghihimagsik laban kay YHWH!

▣ **"matigas na leeg"** Si Esteban ay nagpapahiwatig sa mga inilarawan ni Moises tungkol sa mga kaugalian ng mga anak nina Jacob/Israel (cf. Exodo 32:9; 33:3,5; 34:9; Deuteronomio 9:6).

▣ **"hindi pa Kristiyano"** Ang ibig sabihin ng kasabihang ito sa Hebreo ay hindi naniniwala, hindi tapat, at hindi mapagkatiwalaan. (cf. Levitico 26:41; Jeremias 9:25-26; Ezekiel 44:7). Ito ay kasalungat ng Deuteronomio 10:16; Jeremias 4:4!

▣ **"at mga tenga"** Ang kasabihang ito ay tumutukoy sa ayaw makinig at sumagot sa mga sugo ng Diyos (cf. Jeremias 6:10).

▣ **"laging lumalaban sa Banal na Espiritu Santo"** Ito ay katulad sa Isaias 63:10. Ang pag-ibig at katapatan ng Diyos ay pinuri sa Isaias 63:9,11-14, ngunit ang reaksyon ng mga tao ay kulang sa pananalig!

**7:51b-52** Ito ang malakas na pagtakwil sa mga lider ng mga Hudyo sa panahon ngayon, katulad ng sinaunang lider ng mga Isrelita! Ang mga sinaunang taong bayan ng Diyos ay pinatay ang mga sugo at ngayon pinatay nila ang Mesias (cf. 3:14; 5:28).

**7:52 "Isang Matuwid"** Ito ay ginamit bilang tawag kay Hesus sa 3:14 at 22:14. Tingnan ang buong naisulat sa 3:14 at Natatanging Paksa: Pagiging Matuwid sa 3:14.

**7:53 "Sa pamamagitan ng mga anghel "** Ito ay tumutukoy sa interpretasyon ng mga guru sa Deuteronomio 33:2 mula sa Septuagint nang ibinigay ng Diyos ang kautusan kay Moises sa pamamagitan ng mga anghel na pinatunayan sa Galacia 3:19 at Mga Heb. 2:2.

▣ **"Ngunit hindi sila tumalima"** Inumpisahan ni Esteban ang kanyang depensa ng "marinig" (BDB 1033) na makakapakita ng

Shema sa Hebreo, " marinig katulad ng makinig " (cf. Deuteronomio 6:4). Si Esteban at kalaunan si Santiago (kapatid ni Hesus kay Jose/Maria) kapwa nagpapatotoo "sumunod sa salita hindi lang nakikinig " (cf. Santiago 1:22-23 pagsunod kay Hesus, Mateo 7:24-27; Lucas 11:48; Juan 13:17; katulad ng ginawa ni Pablo, Mga Taga - Roma 2:13).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:54-60

**54Nang marinig nila ito, sila ay nagalit, at sila ay nagngalit sa kanya. 55Ngunit siya ay puspos ng Banal na Espiritu Santo, tumingin siya sa langit at nakita niya ang kaluwalhatian ng Diyos, at si Hesus ay nasa Kanang kamay ng Diyos; 56at sinabi niya, "Makinig, Nakita ko bumukas ang kalangitan at ang Anak ng Tao ay nasa Kanang kamay ng Diyos." 57Ngunit sila ay nagsigawan ng malakas, at tinakpan nila ang kanilang mga tenga at sabay-sabay silang dumaluhong sa kanya. 58Nang mailabas nila si Esteban sa lungsod, sinimulan nilang batuhin siya; at hinubad ng mga saksi ang kanilang kasuutan at iniwan sa isang binata na nagngangalang Saulo. 59Nagpatuloy ang pagbato nila kay Esteban na nananalangin sa Panginoon ng ganito,"Panginoong Hesus, tanggapin mo ang aking espiritu!" 60Pagkatapos lumuhod siya, at sumigaw ng malakas, "Panginoon huwag mo na po silang panagutin sa kasalanang ito!" Pagkatapos masabi ito, siya ay namatay.**

**7:54 "sila"** Ito ay tumutukoy sa mga kasapi ng Sanedrin (cf. 6:15).

▣

**NASB "mabilis magalit"**
**NKJV "mabilis sa puso"**
**NRSV "sila ay nagalit "**
**TEV "sila ay nagalit"**
**NJB "sila ay nagalit "**

Ito ay isang DI – GANAP na BALINTIYAK na PATUROL. Ito ay tumpak "mabilis sa puso" (cf. 5:33). Ang mensahe ni Esteban ay talagang para sa mga lider, ngunit imbes na magsisi, sila ay bumabaling, lagi, sa pagtakwil at pagpatay (cf. 5:33).

▣ **"nagngangalit"** Ito ay isang simbolo ng galit (cf. Job 16:9; Mga Awit 35:16; 37:12; Mga Panaghoy 2:16).

**7:55 "Banal na Espiritu Santo. . .Diyos. . .Hesus"** Pansinin ang pagbanggit sa Tatlong Diyos Sa Isa. Tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:32-33.

▣ **"Puspos ng Banal na Espiritu Santo"** Ang konsepto ng puspos ng Espiritu sa pagpapahayag ng ebanghelyo ay isang kakaiba sa Mga Gawa (i.e., *plēroō*, cf. 2:4; 4:8,31; *plērēs,* cf. 6:3,5,8; 7:55; 11:24). Tingnan sa buong naisulat sa 5:17.

Ang mga katotohanan sa Bibliya na may kaugnayan sa Espiritu ay isinalalarawan bilang :

1. ang katauhan ng Espiritu (cf. Juan 14-16)
2. ang pagbinyag ng Espiritu (cf. IMga Taga - Corinto 12:13)
3. ang bunga ng Espiritu (cf. Mga Taga -Galacia 5:22-23)
4. ang mga regalo ng Espiritu (cf. I Mga Taga - Corinto 12)
5. ang pagpuspos ng Espiritu (cf. Mga Taga- Efeso 5:18)

Sa lahat ng mga ito , ang Mga Gawa ay nakatuon sa #5. Ang mga sinaunang lider ng simbahan ay makapangyarihan, malinaw na ulitin at ulitin, na matapang at makapangyarihan ang pagpapahayag ng ebanghelyo ni Hesukristo. Sa kaso ni Esteban ang kagalingan ng kanyang pangaral ay katumbas ng kanyang buhay.

▣ **"tumitig na maigi"** Si Lucas ay nagagalak sa salitang ito (cf. Lucas 4:20; 22:56; Mga Gawa 1:10; 3:4,12; 6:15; 7:55; 10:4; 11:6; 13:9; 14:9; 23:1). Si Esteban ay tumingala, katulad ng nakagawiang paraan ng mga Hudyo sa pagdarasal, ngunit imbes ng pagdarasal, Hinayaan ng Diyos na makita niya ang kalangitan.

▣ **"nakita ang kaluwalhatian ng Diyos"** Pansinin na hindi sinabi ni Esteban na nakita niya ang Diyos, bagkus ang Kanyang kaluwalhatian. Walang sinuman ang makakakita sa Diyos at mabubuhay (cf. Exodo 33:20-23). Si Job ay naniniwala na makikita niya ang Diyos (cf. Job 19:25-27; Mga Gawa 7:55). Si Hesus ay nangako na ang may malinis na puso ay makikita ang Diyos balang araw (cf. Mateo 5:8). Tingnan sa Natatanging Paksa : Kaluwalhatian sa 3:13.

▣ **"Si Hesus nasa Kanang kamay ng Diyos "** Si Hesus na nasa Kanang kamay ng Diyos ay isang pagkukumpara na kasabihan ( tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:33) para sa lugar ng kapangyarihan ng Diyos at karapatan. Ang katotohanan na si Hesus ay nasa kanan ay nagpapakita ng Kanyang pagkagusto at pagmamalasakit para sa unang Cristianong martir.

Ipinaalam ng Diyos ang Kanyang Sarili kay Esteban sa porma at paraan na maaari niyang matanggap. Hindi ibig ipahiwatig

1. na kalangitan ay nasa "itaas "
2. na ang Diyos ay nakaupo sa trono

Ang ibig sabihin ay ipinapaalam na si Hesus ay nagmamalasakit at nababahala. Tayo ay dapat mag-ingat sa nakagawiang kultura ng

pagkukumpara ng salita katulad ng pinagkunan ng doktrina. Ang mga modernong mambabasa sa kanluran ay nagsusubok na gawing tumpak ang bawat salita upang ipakita ang pagtitiwala o debosyon sa Bibliya ay isang kulturang hindi matagumpay. Ang Diyos ay ipinakitang totoo ang Kanyang Sarili sa Kanyang nilikha, ngunit ginawa Niya sa paraang pang daigdig at mga anyong kanilang mauunawaan. May elemento sa pagbabago. Pagbagsak, hanggahan, ang mga tao ay hindi lubos na maunawaan ang tungkol sa espiritu. Ang Diyos ay pumipili ng mga bagay sa ating kultura at mga dinanas sa daigdig para gamitin bilang mga pagkakahawig at mga kumakatawan para makipag-usap sa atin. Ang mga ito ay tunay na totoo, ngunit hindi kumpleto.

**7:56 "Anak ng Tao"** Ipinakikilala ni Esteban na si Hesus ang "Isang Matuwid" ng 5:52. Ang kanyang mga taga pakinig ay narinig ang kanyang pagpapatotoo sa Mesias. Ang salitang "anak ng tao " ay may dalawang gamit sa Lumang Tipan:

1. ito ay pangkaraniwang parirala sa isang tao (cf. Ezekiel 2:1; Mga Awit 8:4)
2. ito ay ginamit sa katauhan ng Diyos (i.e., Mesias) sa Daniel 7:13-14 at Mga Awit 110:1

Samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig kapwa sa mga tao at diyus-diyusan. Kaya nga ito ang dahilan kung bakit ginamit Hesus ang paglagay sa sarili at sapagkat ito rin ay hindi ginamit ng mga guru na lagi nang ginagamit ang titulo sa Matandang Tipan sa mga paraang nag-iisa, makabayan, at hukbo ng militar. Ang pinagkunan ni Esteban ay isa sa dalawang ginamit na parirala sa labas ng mga salita ni Hesus (cf. Juan 12:34).

**7:57-58** Ang mga nakikinig ay naniniwala na si Esteban ay lumaban sa pagpapahayag na si Hesus ay darating na Anak ng Tao (cf. Daniel 7:13). Dahil sa paniniwalang iisang Diyos ( tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:39) Kalabisan na ito mga Hudyo ! Ginawa nila kay Esteban kung ano ang sinabi ni Moises sa lumalaban (cf. Levitico 24:14-16; Deuteronomio 13:9; 17:7). Ang pagpapatotoo ni Esteban ay maaaring totoo o siya ay lumalaban na katumbas ang kamatayan! Walang namamagitan sa mga inako ni Hesus (cf. Juan 14:6-9).

**7:57 "dumaluhong sa kanya ng sabay – sabay"** Ito ang salita na laging ginagamit ni Lucas upang isalarawan ang pagkakaisa ng mga sinaunang mga Apostol (cf. 1:14; 2:46; 5:12; 15:25). Ang Sanedrin ay nagkakaisa sakanilang galit at pagtakwil kay Esteban (tingnan din sa 18:12, kung saan itinakwil ng mga Hudyo ng Achaia si Pablo at 19:29 ang galit ng mga pagano ng Efesus laban sa mga Kristiyano).

**7:58 "inilabas siya sa lungsod "** Walang sinuman ang maaaring pumatay sa loob ng Herusalem sapagkat ito ay "lupang banal"!

▣ **"Pagbato sa kanya"** Ito ay laging sinasabi na ang mga Hudyo sa ilalim ng panahon ng mga Romano ay walang karapatang pumatay bilang kaparusahan. Ito ay nagpapakita na hindi laging totoo. Ang paghasik ng kaguluhan ng mga masasamang tao ay hindi kaagad nahihinto.

▣ **"ang binatang si Saulo"** Sa kabilugan ng mga Hudyo, ang isang tao ay maaaring tawaging bata pa hanggang sa gulang na 40. Ito ang una nating makita si Saulo ng Tarsus sa pangalan, kalaunan naging Pablo ang Apostol. Narinig ni Pablo ang pagsisiyasat ni Esteban sa Lumang Tipan at maaaring narinig niya rin sa sinagoga ng mga Cilica sa Herusalem (6:9). Ang bawat isa ay namamangha kung ito ang simula ng pag-aalinlangan ni Saulo, na sinubukan niyang makipag-usap sa mga Cristianong umuusig.

**7:59 "Panginoong Hesus, tanggapin ninyo ang aking espiritu"** Ito ang AORIST GITNANG PAUTOS. Pansinin na si Esteban ay naniniwala na siya ay papuntang langit para makasama si Hesus (cf. II Mga Taga- Corinto 5:6,8) at hindi sa impierno (i.e., ang kalalagyan ng mga patay katulad sa Hebreo sheol, tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:27). Si Esteban ay maaaring nasaksihan ang pagpako kay Hesus, o kaya naman narinig niya ang mga detalye sapagkat gumamit siya ng dalawang magkatulad na pararila (i.e., vv. 59 at 60, cf. Lucas 23:34,46).

Ito ay mahalagang tingnan na si Esteban ay nagdarasal kay Hesus, katulad ng ginawa ng mga Apostol sa 1:24. Gayunman, sa lahat ng dasal sa Bagong Tipan para sa Ama ay sa pangalan ng Anak.

**7:60 "pagluhod niya"** Ang pagbato ay hindi laging madaling karanasan. Tumagal ng ilang minuto ang pagpapahiwatig ng teksto.

▣ **"sumigaw siya ng malakas"** Ito ay gumaya rin sa karanasan ni Hesus. Ang mga salita ay higit para sa mga tao kaysa kay YHWH. Ang mga salita ay maaaring umalingawngaw sa tenga ni Saulo.

▣ **"siya ay nakatulog"** Sa Bibliya ito ay kumakatawan sa kamatayan (ex. Job 3:13; 14:12; Mga Awit 76:5; II Samuel 7:12; I Mga Hari 2:10; Jeremias 51:39,57; Daniel 12:2; Mateo 27:52; Juan 11:11; Mga Gawa 7:60; 13:36; I Mga Taga -Corinto 15:6,18,20; I Mga Taga-Tessalonica 4:13; II Pedro 3:4). Ito ay hindi nagpapatotoo sa doktrinang "natutulog na kaluluwa."

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang layunin ng mga sinabi ni Esteban?
   Ano ang ipinakita tungkol sa mga Hudyo?
   Bakit labis ang kanilang pagkagalit?
2. Paano naging katulad ni Hesus si Moises, v. 37?
3. Bakit ang inuulit na naisulat mula sa Isaias 66:1-2 sa mga talatang 49-50 ay mahalaga ?
4. Ano ang mahalaga sa pangitain ni Esteban kay Hesus?

# MGA GAWA 8

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Inuusig ni Saulo ang Iglesiya | Inuusig ni Saulo ang Iglesiya | Paglaganap ng Ebanghelyo sa Samaria at ang Tabing-Dagat | Inuusig ni Saulo ang iglesiya | Ang Pagbato kay Esteban, Si Saulo bilang Taga-usig |
| 8:1b-3 | 8:1-3 | 8:1b-3 | 8:1b-2 | (7:55-8:3) |
| | | | | 8:2 |
| | | | 8:3 | 8:3 |
| Ang Ebanghelyo ay Ipinangaral sa Samaria | Si Kristo ay Ipinangaral Sa Samaria | | Ang Ebanghelyo ay Ipinangaral saSamaria | Si Felipe sa Samaria |
| 8:4-8 | 8:4-8 | 8:4-8 | 8:4-8 | 8:4-8 |
| | Pagpapahayag ng Pananam-palataya ng Mangkukulam | | | Si Simon ang Mangkukulam |
| 8:9-13 | 8:9-13 | 8:9-13 | 8:9-13 | 8:9-13 |
| | Kasalanan ng Mangkukulam | | | |
| 8:14-24 | 8:14-24 | 8:14-24 | 8:14-17 | 8:14-17 |
| | | | 8:18-19 | 8:18-24 |
| | | | 8:20-24 | |
| 8:25 | 8:25 | 8:25 | 8:25 | 8:25 |
| Si Felipe at ang bating Taga-Etiopia | Si Kristo ay Ipinangaral Sa Taga-Etiopia | | Si Felipe at ang Etiopeng Pinuno | Si Felipe ay Nag-bautismo Sa isang Bati |
| 8:26-33 | 8:26-40 | 8:26-40 | 8:26-30 | 8:26-33 |
| | | | 8:31-33 | |
| 8:34-40 | | | 8:34-37 | 8:34-40 |
| | | | 8:38-40 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1a**

**[1]At si Saulo ay sumangayon sa kaniyang pagkamatay.**

**8:1 "At si Saulo ay sumangayon sa kaniyang pagkamatay"** Ang pariralang ito ang nagwawakas ng kabanata 7. Ito ay isang PAIKUT-IKOT NA DI-GANAP NA TAHAS. Inaalala ni Pablo ang karanasang ito ng may malaking pagkapahiya (cf. Mga Gawa 22:20; I Corinto 15:9; Galacia 1:13,23; Filipos 3:6; I Timoteo 1:13). Ang ilan ay inuugnay ang talatang ito sa 26:10, kung saan ipinapalagay nito na si Pablo voted ay pinili sa Sanhedrin upang patayin ang mga Kristiyano.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1b-3**

**[1b]At nang araw na yao'y nangyari ang isang malaking paguusig laban sa iglesiya na nasa Herusalem; at silang lahat ay nagsipangalat sa lahat ng mga dako ng Judea at Samaria, maliban na sa mga apostol. [2]At inilibing si Esteban ng *ilang* mga taong masipag sa kabanalan, at siya'y tinangisan ng di kawasa. [3]Datapuwa't *nagsimula* si Saulo na puksain ang iglesiya, na pinapasok ang bahay-bahay, at kinakaladkad ang mga lalake't mga babae, at sila'y ipinapasok sa bilangguan.**

▣ **"At nang araw na yao'y nangyari ang isang malaking paguusig laban sa iglesiya na nasa Herusalem"** Ito ay maaaring kumakatawan sa gawain ng mga Hudyong pinuno (karamihan ay mga Sadduceo) dahil sa sumasambulat na paglago at katanyagan ng sinaunang iglesiya sa Herusalem. Subalit, ito rin ay paraan ng Diyos sa pagpilit sa iglesiya na isakatuparan ang Mga Gawa 1:8! Kung hindi 1:8 ngayon ay 8:1!

Ito ay hindi sa pamamagitan ng hindi sinasadyang pagkakataon ng ginamit ni Lucas ang terminong *ekklesia* (tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11) para sa bagong katawan ng mga mananampalataya. Ang mga lalaki at mga babaeng ito ay hindi nakita ang kanilang mga sarili bilang isang baagay na hiwalay sa mga pangako ng Diyos at OT, ngunit ang katuparan! Ang termino ay ginamit sa Septuagint upang isalin na "ang pagtitipon ng mga tao" (MT - *qahal*) ng Israel (cf. Mga Gawa 7:38); ngayon ito ay ginamit sa pagsasama ng mga mananampalataya sa Herusalem.

Si Lucas ay lubhang mahilig sa terminong "matindi" (*megas*). Ginamit niya ito ng dalawampu't-limang beses sa kanyang Ebanghelyo at dalawampu't-siyam na beses sa Mga Gawa. Sa kabanata 8 ginamit niya ito para sa:

1. matinding pag-uusig, v. 1
2. matinding pagtatangis, v. 2
3. malakas na tinig, v. 7
4. isang taong dakila, v. 9
5. sa kalubusan, v. 10
6. mga dakilang himala, v. 13

▣ **"silang lahat ay nagsipangalat sa lahat ng mga dako. . . maliban na sa mga apostol"** Ito ay lubusang nakakawili na ang pag-uusig ay ang mga Apostol at dumako nang tuwiran sa mga Helenistikong Hudyong Kristiyano. Tila sa katatayuang ito ang mga Apostol ay nalugod na manatili sa loob ng Judaismo. Ang kaganapang ito ay nangyari ng ilang panahon pagkatapos ng kanilang pagpupulong kasama si Hesus sa Galilea (cf. Mateo 28:18-20). Kahit na sa Pentecostes, ang pang-Apostol na pamumuno ay nalulugod na manatili at mangaral lamang sa mga Hudyo o sa mga tumalima sa pananampalataya at dito lamang sa dako ng Herusalem.

▣ **"silang lahat ay nagsipangalat sa lahat ng mga dako ng Judea at Samaria"** Ito ay sa katuparan ng Dakilang Komisyon ni Lucas na nabanggit sa Mga Gawa 1:8. May ilang panahon din ngayon simula nang magwika si Hesus ng mga salitang ito at ay tila ang pag-uusig ay ang tanging paraan na humayo ang iglesiya sa lahat ng mga dako sa mundo. Ang iglesiya ay nag-aatubili pa rin!

**8:2 "At inilibing si Esteban ng *ilang* mga taong masipag sa kabanalan"** Ang terminong "masipag sa kabanalan" ay kadalasang ginamit sa pang-espiritwal na madaramdaming Hudyo (cf. Lucas 2:25). Ito ay maaari na tumutukoy sa Hudyong mga Kristiyano o totoong mga Hudyo na hindi sumasang-ayon sa mga di-makatarungang pamamaraan (i.e., karahasan sa mga tao) at pagbitay kay Esteban. Ang *Mishnah* ay pinahihintulutan ang paglilibing ng mga lapastangan sa Diyos, ngunit hindi sa malalakas na panaghoy na ginagawa ng mga naglilibing sa kanila. Ang mga matapat na taong ito ay bukas na nagdalamhati

1. sa pagtutol sa kung ano ang nangyari
2. sa pagtukoy na ang katotohanan ay walang opisyal na pahintulot

**8:3 "Datapuwa't *nagsimula* si Saulo na puksain ang iglesiya"** Ito PANDIWA ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ito ay maaaring mangahulugang ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas (cf. NASB, NJB) o paulit-ulit na pagkilos (cf. NKJV, NRSV, TEV).

Ang terminong "malaking pinsala" ay nangahulugang "ang pagpunit ng isang katawan sa pamamagitan ng isang hayop." Ito ay ginamit sa Septuagint ng mga hayop sa Exodo 22:13; Mga Awit 74:13 at ng pang-militar na pagkatalo sa Jeremias 28:2 at 31:18. Si Pablo ay tila ang ay may paghahamok sa katotohanan ng mga pahayag ni Esteban, at maaaring sinubukang pagtakpan ang pangloob na pag-iigting (tensyon) sa mapusok na pag-uusig sa iglesiya (cf. Mga Gawa 9:1,13,21; 22:4,19: 26:10-11; I Corinto 15:9; Galacia 1:13; Filipos 3:6; I Timoteo 1:13).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya at 5:11.

▣ **"na pinapasok ang bahay-bahay"** Ang pariralang ito ay maaaring mangahulugan sa dalawang kaparaanan:

1. napag-alaman ni Pablo na may mga Apostol na dumalaw (cf. 5:42)
2. mayroong maraming bahay-iglesiya kahit na sa sinaunang panahon sa Herusalem kung saan ang mga mananampalataya ay palaging nagtatagpo

Ang sinaunang mga Kristiyano maaaring magkatipon sa

1. lokal na mga sinagoga sa bawat Sabbat
2. Templo sa mga natatanging araw o kahit na sa maraming araw
3. natatanging mga dako o maraming mga tahanan sa Linggo

▣ **"kinakaladkad ang mga lalake't mga babae"** Ito ay isang PANDIWA na ginagamit para sa pagtanggay ni Satanas isang katlong bahagi ng mga bituin mula sa langit sa Pahayag 12:4. Ito ay ginamit maraming beses sa Mga Gawa (cf. 8:3; 14:19; 17:6). Si Saulo ay mapanira sa kanyang pag-uusig (cf. 26:10). Ang katibayan nito ay ang pariralang "mga lalaki at mga babae." Sinira niya ang mga pamilya ng matatapat na mga mananampalataya at ipinakulong sila at ang pinatay ang ilan (cf. 9:1,13,21; 22:4,19; 26:10,11; Galacia 1:13;23; I Timoteo 1:13). Kaya sa huli, tinawag niya ang kanyang sarili na "ang pinakamababa sa mga banal" (cf. I Corinto 15:9; Efeso 3:8).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:4-8

**4 Samakatuwid, ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang salita. 5 At bumaba si Felipe sa bayan ng Samaria, at *nagsimulang* ipinangaral sa kanila ang Kristo. 6 At ang mga karamiha'y nangagkakaisang nangakikinig sa mga bagay na sinasalita ni Felipe, pagkarinig nila, at pagkakita ng mga tanda na ginawa niya. 7 Sapagka't *sa pagkakataong ito* sa maraming may mga karumaldumal na espiritu, ay nangagsilabas sila *sa kanila*, na nangagsisisigaw ng malakas na tinig: at maraming lumpo, at pilay, ang pinagaling. 8 At nagkaroon ng malaking kagalakan sa bayang yaon.**

**8:4 "ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang salita"** Pansinin ito ay hindi ang mga Apostol, dahil sila ay nanatili sa Herusalem, ngunit ang mga Helenistikong Hudyong Kristiyano na nagkalat sa lahat ng dako ang naging sinaunang mga ebanghelista. Ito ay kagulat-gulat na ang pang-mundong misyon ng iglesiya ay nagsimula, hindi sa pamamagitan ng mga Apostol, ngunit sa pamamagitan nina Esteban at Felipe.

Ang "salita" dito ay tiyakang nangangahulugang ang ebanghelyo, ngunit idinagdag ang lahat ng dako, isang di-Hudyong pagtuon ni Esteban (Dakilang Komisyon, 1:8; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47).

**8:5 "Felipe"** Siya ay isa sa "Pito" na nabanggit sa 6:5 (cf. 21:8-9). Siya ay inilarawan sa tatlong ebangelikong tagpuan: (1) Samaria; (2) ang bati sa Etiopia; at (3) ang gawain sa baybaying lugar ng Palestina. Ang "pitong" ito ay may puso para sa pag-e-ebanghelyo.

▣ **"bumaba sa bayan ng Samaria"** Mayroong isang pangkasulatang tanong kung ang teksto ay babasahing "ang lungsod ng Samaria" o "isang lungsod ng Samaria." Ang patunay ng kasulatan ay may pagsang-ayon sa TIYAK NA PANTUKOY (cf. MSS, $P^{74}$, א, Isang, B). Subalit, ang lungsod na ito ay hindi kilala sa pangalang Samaria sa panahong ito, ngunit bilang Sebaste. Sa panahon ng mga Romano, ang terminong Samaria ay ginamit sa distrito. Ang pangunahing lungsod ng Samaria ay maaaring ang Shecham, na tinawag na Neapolis at ngayon ay Nablus. Ito ay ipinapalagay na ang lungsod na ito ay maaaring ang Gitta dahil ito ay ang tradisyonal na tahanan ni Simon Magus. Ito ay teoriya mula kay Justin Martyr, na galing din sa dakong ito.

▣ **"at *nagsimulang* ipinangaral sa kanila ang Kristo"** Ang mga Samaritano ay kinasusuklaman ng mga Hudyo dahil sila ay itinuturing na kalahating-lahi (cf. Ezra 4:1-3). Ito ay na uugnay sa pagkatapon sa Assyria noong 722 B.C. na nagsitira sa mga dako ng Sampung Angkan sa hilaga na nagsiasawa ng mga pagano na may maliit na natiirang dami ng mga Hudyo (cf. II Mga Hari 17:24-41).

Ang grupong ito ay pinaglingkuran din ni Hesus. Inihayag ni Hesus ang Kanyang pagiging-Mesias sa isang babae ng Samaria at sa kanyang nayon (cf. Juan 4). Ngayon, si Felipe ay nangangaral patungkol kay "Kristo" (DEPINITIBONG PANTUKOY), na siyang Griyegong salin ng "Ang Mesias" (tingnan ang Natatanging Paksa sa2:31). Ang OT titulo ay nag-uugnay sa pangako ni YHWH ng pagpapadala nig Isang magtatatag ng bagong kaharian, magpapasinaya ng bagong panahon ng Espiritu. Ang pangyayaring ito ay pinagpapauna sa ministeryo ni Hesus at tiyakang pinag-utos sa mga huling salita ni Hesus (1:8).

**8:6 "ang mga karamiha'y nangagkakaisa"** Ang parirala "nangagkakaisa" ay lubhang kilala sa Lucas. Tingnan ang tala sa 1:14.

▣ **"pagkarinig nila, at pagkakita ng mga tanda na ginawa niya"** Ito ay tumutukoy sa mga himala na nagpapatunay sa mensahe ni Felipe(cf. v.7). Ang katulad nitong mga pagpapakilala ng Espiritu ay pinatnubayan sa pangangaral si Hesus, ang Labindalawa, ang Pitumpu, at Pedro at Juan.

**8:7** Ang paglukob ng mga Demonyo ay isang katotohanan sa ating mundo (cf. dalawang aklat ni Merrill F. Unger: [1] *Biblical Demonology* at [2] *Demons in the World Today)*. Tingnan ang dalawang Natatanging Paksa sa 5:16.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8: 9-13

**9 Datapuwa't may isang tao, na nagngangalang Simon, na nang unang panaho'y nanggagaway sa bayan, at pinahahanga ang mga tao sa Samaria, at nagsasabing siya'y isang dakila: 10 Na siyang pinakikinggan nilang lahat, buhat sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan, na sinasabi, Ang taong ito ang siyang kapangyarihan ng Diyos na tinatawag na Dakila. 11 At siya'y pinakinggan nila, sapagka't mahabang panahong pinahahanga niya sila ng kaniyang mga panggagaway. 12 Datapuwa't nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos at sa pangalan ni Hesukristo, ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae. 13 At si Simon man ay naniwala rin: at nang mabautismuhan na, ay nanatili siyang kasama ni Felipe; at nang makakita ng mga tanda at ng mga dakilang himalang ginawa, ay napahanga siya.**

**8:9 "isang tao, na nagngangalang Simon"** Kung ang taong ito ay nanampalataya (cf. vv. 13,18) o payak na isang nagmamarunong na naghahanap kapangyarihan ay di-tiyak. Nais kong bigyan siya ng pakinabang ng alinlangan batay sav. 24. Ito ay nakakamangha kung papaanong ang tradisyon ng sinaunang iglesiya ay lumago sa taong, ngunit ang lahat ng ito ay pagbabaka-sakali lamang (cf. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, tomo 5, pp. 442-444).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"nanggagaway"** |
| **NKJV, TEV** | **"nangkukulam"** |
| **NJB** | **"mga sining ng mahika"** |

## NATATANGING PAKSA: KABABALAGHAN (MAHIKO)

Noong sinaunang panahon, may lumilitaw na maraming mga uri ng mga tao at mga pangkat na nasasangkot sa iba't-ibang mga uri ng mahika.

1. Mayroong isang maka-saserdoteng pangkat mula sa Medea na nasasangkot sa astrolohiya na tinatawag na mga Chaldean (cf. Daniel 1:20; 2:2,10,27; 4:7,9; 5:11; Mateo 2:1,7,16). Si Herodoto ay tinatawag silang mga "mga saserdoteng Medean." Sila ay nasasangkot sa panghuhula at pamamahala ng mga panghinaharap na pangyayari batay sa paggalaw at kaayusang ng mga astral na diyos (i.e., mga planeta, mga bituin, mga konstelasyon, mga kometa).
2. Mayroon isang pilosopikong, matematikong kalabang pangkat sa pamumuhay Griyego na kilala bilang mga Pythagoriano.
3. Karamihan ng mga pangkat ng salamangkero ay binubuo ng mga tao ng nag-aangkin na may kakayahang manipulahin ang mga higit sa karaniwan o natural na pwersa ng kalikasan (cf. Genesis 41:8,24; Exodo 7:11,22; 8:7,19; 9:11). Kadalasang ang mga pwersang ito (o mga diyos) ay nakikitang nasa pakikipagtunggalian sa sangkatauhan at sa pamamagitan ng pagkuha sa panig ng pwersang ito o ang pwerse na nagtataglay ng kaalaman ay maaaring pamahalaan ang mga pwerse para sa pansariling pakinabang (cf. ang mga pangmahikong papyrus ng ikatlo at pang-apat ng mga siglo A.D.). Ang mga taong ito ay maaaring:
   a. Hulaan ang mga panghinaharap na kaganapan
   b. Pamahalaan ang mga panghinaharap na kaganapan
   c. Bigyang kahulugan ang mga panghinaharap na kaganapan at mga panaginip
   d. sumpain o ipagtanggol ang ibang mga tao, mga lungsod, mga bansa, mga hukbo, atbp.
4. Ang mga salamangkero tulad ng sa Mga Gawa 8:9,11 ay nag-aangkin na may kakayahang manipulahin ang hindi personal na mga lakas ng kalikasan o ang mga personal na (demonyo) na pwersa upang maisakatuparan ang kanilang kalooban. Ito ay kadalasang kinapapalooban ng mga pang-mahikong seremonya at bulong.
5. Ang "Tunay" ng mga salamangkero ay kadalasang sinasalakay ang ibang mga salamangkero na hindi naisasagawa ang mga seremonya at mga lituhiya nang wasto. Sila ay tinatawang na charlatan o mga mandaraya (cf. Mga Gawa 13:6,8; 19:13).

6. Ang kapangyarihan ng ebanghelyo ay makikita sa ministeryo ni Pablo sa Efeso kung saan ang dating mga salamangkero na naligtas sa pananampalataya kay Kristo ay sinunog ang kanilang mga mamahaling mga aklat pang-mahika (i.e., paano ang wastong pagsasagawa ng mga bulong, mga seremonya at mga liturhiya, cf. Mga Gawa 19:19).
7. Para sa karagdagang pagbasa
   a. Susan Garrett, *The Demise of the Devil*, Fortress Press, 1989
   b. Merrill Unger, *Biblical Demonology*, Holy Scripture Press, 1967
   c. Hendrik Berkhof, *Christ and the Powers,* Herald Press, 1977
   d. Waller Wink, *Naming the Powers,* Fortress Press, 1984
   e. Clinton Arnold, *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare*, Baker, 1997

**8:10 "Ang taong ito ang siyang kapangyarihan ng Diyos na tinatawag na Dakila"** Ito ay isang titulo para sa mataas na diyos ng panteon ng Greco-Romano (i.e., Zeus). Sa Aramaiko ito ay maaaring "Ito ay ang kapangyarihan ng diyos na tinawag na dakila." Ang taong ito ay lubusang nadaya ang mga naninirahan sa lokal. Maaaring nadaya niya rin ang kanyang sarili (cf. vv. 9,13).

**8:12 "magsipaniwala"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Paniniwala, Pananampalataya, Pagtitiwala sa 3:16 at Paniniwala sa OT at 6:5.

▣
**NASB** **"nangangaral ng mabubuting balita"**
**NKJV** **"nangangaral ng mga bagay"**
**NRSV** **"nagpapahayag ng mabubuting balita"**
**TEV** **"mensahe patungkol sa mabubuting balita"**

Ito ay ang Griyegong PANDIWA *euangelizō*, na isang tambalan ng mabuti (*eu*) at mensahe (*angelizō*). Nakuha natin ang mga Ingles na salitng *evangel*, *evangelize*, at *pag-e-ebanghelyo* na mula sa Griyegong terminon ito. Ipinakilala ni Felipe ang kuwento ni Hesus sa mga Samaritano at sila ay tumugon sa nakakapagligtas na pananampalataya.

▣ **"tungkol sa kaharian ng Diyos"** Tingnan ang Dalawang Natatanging mga Paksa sa paksang ito sa 1:3.

▣ **"sa pangalan ni Hesukristo"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa2:21.

▣ **"ay nangabautismuhan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:38.

▣ **"ang mga lalake't mga babae"** Sa konteksto mayroong dalawang kahalagahan sa pariralang ito.
1. Inuusig ni Pablo "ang mga lalaki at mga babae (cf. 8:3)," ngunit ang ebanghelyo rin ay nagliligtas "ng mga lalaki at mga babae"
2. Sa Judaismo, lalaki lamang ang nakakalahok sa panimulang pang-Hudyong ritwal ng pagtutuli, ngunit ngayon sa ebanghelyo, kapwa mga kasarian ay nakakalahok sa panimulang ritwal ng bautismo.

**8:13 "Naniwala si Simon"** Karamihan ng mga ebandyeliko ay gumagamit ng terminong "naniwala" (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:16) sa isang lubhang makahulugang kaunawaan, ngunit mayroong lugar sa NT (e.g., Juan 8:31) na ito sa pumapatungkol sa mas mababa sa kaligtasan (cf. Juan 8:59).

Ang panimulang pananampalataya ay hindi ang lamang ang saligan (cf. Mateo 13:1-9,10-23; 24:13). Pagpapatuloy at pagsunod ay katibayan rin ng isang tunay na pakikipag-ugnayan kay Kristo.

## NATATANGING PAKSA: PAGTITIS

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa

nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa ay tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Filipos 1:6; 2:13; II Thesolonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro (I Pedro 1:4-5)

B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,26; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Filipos 2:12; 3:18-20; Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *agenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan at mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Salita of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God,* Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang? Mayroon makasaysayang teolohikal na kontrobersiya na nagsasangkot kay Augustine laban kay Pelagius at Calvin laban kay Arminius (semi-Pelagian). Ang isyu ay patungkol sa katanungan ng kaligtasan: kung ang isa ay tunay naligtas, dapat ba siyang magpatuloy sa pananampalataya at pamumunga?

Ang mga Calvinists Ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na naninindigan na ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at nagpapanatiling kapangyarihan (Juan 10:27-30; Roma 8:31-39; I Juan 5:13,18; I Pedro 1:3-5) at PANDIWANG PAMANAHON gaya ng GANAP BALINTIYAK PANDIWARI ng Efeso 2:5,8.

Ang mga Arminians ay inihanay yaong mga biblikal na teksto na nagbibigay babala sa mga mananampalataya na "kumapit," "makatagal," o "magpatuloy" (Mateo 10:22; 24:9-13; Marcos 13:13; Juan 15:4-6; I Corinto 15:2; Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ako ay personal na hindi naniniwala na ang Hebreo 6 at 10 magagamit, ngunit marami sa mga Arminians ginagamit ang mga ito bilang babala laban sa apostasya. Ang parabula ng Tagahasik sa Mateo 13 at Marcos 4 ay tumatalakay sa isyu ng kunyaring paniniwala, gaya ng sa Juan 8:31-59. Sa pagsipi ng Calvinists sa GANAP NA PAMANAHONG PANDIWA ginamit upang ilarawan ang kaligtasan, ang mga Arminians binanggit ang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON mga sipi gaya ng sa I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15.

Ito ay isang perpektong halimbawa kung paano ang teolohikal na sistema ay inabuso ang pruwebang-tekstong pamamaraan ng pagbibigay kahulugan. Kadalasan isang gabay na prinsipyo o pangunahing teksto ang ginamit upang gumawa ng isang teolohikal na grid na kung saan lahat ng iba pang teksto ay tinignan. Maging maingat sa mga grids na mula sa ibang pinagmulan. Sila ay nagmula sa kanluraning lohiko, hinid kapahayagan. Ang Bibliya ay isang silanganing aklat. Ito ay nagpapakita ng mga katotohanan sa puno ng tensyon, parang mga kabalintunaang mga pares. Ang mga Kristyano ay dapat na maniwala sa pareho at mamuhay sa loob ng tensyon. Ang NT ay nagpapakita ng parehong seguridad ng mananampalataya at ang paghahangad ng nagpapatuloy na pananampalataya at pagkamakadiyos. Ang Kristyanismo ay isang pasimulang pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kaligtasan ay hindi produkto ( isang tiket sa langit o isang polisiyang pansiguro laban sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon. Ito ay isang desisyon at pagdedesipulo. Ito ay inilarawan sa NT sa lahat ng PANDIWANG PAMANAHON:

AORIST (natapos na aksyon), Gawa 15:11; Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5

GANAP (natapos na aksyon na may nagpapatuloy na resulta), Efeso 2:5,8

PANGKASALUKUYAN (nagpapatuloy na aksyon), I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15

PANGHINAHARAP (panghinaharap na pangyayari o tiyak na mangyayari), Roma 5:8,10; 10:9; I Corinto 3:15; Filipos

1:28; I Tesalonica 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28

▣ **"nanatili siyang kasama ni Felipe"** Ito ay isang PAIKUT-IKOT NA DI-GANAP. Pansinin ang pagkakasunod-sunod.

1. narinig niya, vv. 6-7,12
2. nakita niya, vv. 6-7,13
3. nanampalataya siya, v. 13
4. nabautismuhan siya, v. 13
5. sumama siya kay Felipe, v. 13

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:14-24

**[14]Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Herusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Diyos, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan: [15]Na nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Banal na Espiritu. [16]Sapagka't ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Hesus. [17]Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Banal na Espiritu. [18]Nang makita nga ni Simon na sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga apostol ay ibinigay ang Banal na Espiritu, ay inalok niya sila ng salapi, [19]Na sinasabi, Bigyan naman ninyo ako ng kapangyarihang ito, upang sinomang patungan ko ng aking mga kamay, ay tumanggap ng Banal na Espiritu. [20]Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Ang iyong salapi'y mapahamak na kasama mo, sapagka't inisip mong tamuhin ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng salapi. [21]Wala kang bahagi ni kapalaran man sa bagay na ito: sapagka't ang puso mo'y hindi matuwid sa harap ng Diyos. [22]Magsisi ka nga sa kasamaan mong ito, at manalangin ka sa Panginoon, baka sakaling ipatawad sa iyo ang pagiisip ng iyong puso. [23]Sapagkat nakikita kong ikaw ay nasa apdo ng kapaitan at sa tali ng katampalasanan. [24]At sumagot si Simon at sinabi, Ipanalangin ninyo ako sa Panginoon, upang huwag mangyari sa akin ang alin mang bagay sa mga sinasabi ninyo.**

**8:14 "Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Herusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Diyos, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan"** Ang ministeryo sa mga Samaritano ay ipinagbabawal sa mga alagad sa panahon ng pananatili ni Hesus (cf. Mateo 10:5). Tila ang mga Apostol ay nagnanais ng kanilang pampamunuang pagpapahintulot sa radikal at di-karaniwang pagkilos ng Banal na Espiritu sa mga kinasusuklamang pangkat ng mga lahi sa tradisyon. Ang bahaging ito ay tiyakang na nabanggit sa Mga Gawa 1:8. Tulad ng karaniwan, nakuha ni Felipe nang mas mabilis ang pahiwatig ni Hesus sa pandaigdigang pag-ebanghelyo kaysa sa Labindalawa.

Pansinin na ang pananampalataya kay Hesus ay kaagapay sa "pagtanggap ng salita ng Diyos." Ang salita ng Diyos ay maaaring mangahulugan ng maraming bagay.

1. Ang lubusang pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga tao
2. Ang maitalang pakikipag-ugnayan ng diyos sa mga tao (i.e., Banal na Kasulatan)
3. Anak ng Diyos (i.e., ang Salita, cf. Juan 1:1) na siyang lubusang kapahayagan ng Diyos (cf. Hebreo 1:3)

Pansinin na sina Pedro at Juan ay isinugo. Si Pedro ay ang kinikilalang pinuno ng pangkat ng Apostol at si Juan ang isa sa maagang nagnais na tumawag na bumama ang apoy sa mga Samaritano (cf. Lucas 9:54).

**8:15 "Na nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Banal na Espiritu"** Mayroong napakalaking mga suliranin sa pagtatanggkang bumuo ng isang teolohiya ng kaligtasan mula sa Mga Gawa para sa sumusunod kadahilanan: ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at ang mga pangyayari mismo na nakapalibot sa kaligtasan ay naiiba mula sa isang talata sa isa pang talata. Ang Banal na Espiritu sa talata ay tumutukoy sa isang pagpapatunay, tulad ng Pentecostes, na ipinapakita na ang Diyos tinanggap at iniligtas ang mga Samaritanong ito. Sila ay hindi maaaring maligtas sa pagkakataong ito (i.e., ang pagtanggap ay GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG) na walang na walang pagkilos ng Banal na Espiritu (cf. Roma. 8:9).

Sa aking pag-aaral ang karanasan ng Pentecostes ay nagtatakda isang huwaran, na inulit ng Diyos reproduced sa karanasan ng iba't-ibang panglahi at heograpikong mga pangkat na tao, upang ipakita at patunayan sa nananampalatayang Hudyong iglesiya na ang Diyos mismo ay lubusan at ganap na tinanggap ang isang bagong pangkap. Ang pagpapahayag ng Espiritu sa Mga Gawa (i.e., Pentecostes) ay sumakatuwid iba't-iba sa teolohiya mula sa mga wika ng Corinto.

Ang tekstong ito ay hindi maaaring gamitin upang hingin ang isang tulad ng Corinto na karanasan upang pagtibayin ang kaligtasan (cf. I Corinto 12:29-30, na isang kalipunan ng mga tanong na inaasahan isang "hindi" na sagot). Tinala ni Lucas kung ano ang nangyari, hindi kung ano ang mangyayari bawat pagkakataon.

**8:16-17** Ito ay iba sa nakalahad na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Mga Gawa 2:38. Ang pagkakaiba ay dahil sa ang tiyakang pagkilos ng Banal na Espiritu: (1) sa 2:38 na may kaugnayan sa kaligtasan at (2) sa 8:16 na may kaugnayan sa isang tipo ng Pentecostal ng karanasan. Ang katulad na "pangyayari sa Banal na Espiritu" sa Mga Gawa 2 ngayon ay nangyari sa mga Samaritano. Ito ay hindi para sa kanilang kapakinabang lamang, ngunit ang karamihan ay para sa komunidad ng Hudyong Kristyano. Ipinapakita nito sa kanila na ang Diyos ay lubusang tinanggap ang mga Samaritano! Ito ay <u>hindi</u>

nangahulugan na igiit ang isang dalawang hakbang na panimulang kaligtasan na karanasan.

Pansinin ito na sina Pedro at Juan na nakapuna ng kawalan ng natatanging pagpapahayag ng Espiritu na naranasan nila sa Pentecostes. Hindi nito ipinapahiwatig na ang mga mahimalang tanda na kasama sa pangangaral ni Felipe ay hindi tunay na mga pagpapakilala ng Espiritu (cf. v. 13). Sina Pedro at Juan ay nagnanaisa ng isang Samaritanong Pentecostes! Ito ay lubhang mahalaga dahil noong si Cornelio ay nagkaroon ng katulad na karanasan (i.e., Mga Gawa 10), nalaman ni Pedero na nag Diyos ay lubusang tinanggap ang isang Romanong militar at kanyang pamilya. Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao. Ito ang dakilang katotohanan ng mga karanasan na ipinapakita sa Mga Gawa!

**8:16** Ito ay maaaring tawagin na Samaritanong Pentecostes.

**8:17** Hindi ito maaaring maging patunay na teksto para sa pangangailangan ng pagpapatong ng kamay. Ang pamamaraang ito, para sa ganitong layunin, ay hindi na muling nangyari sa Mga Gawa. Ito ay naghahayag ng kapangyarihan at kapamahalaan ng mga Apostol. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatong ng mga Kamay sa 6:6.

**8:20** Ang teolohikong katanungan para sa atin ay ang soteriolohikong katanungan para kay Simon. Siya ba ay ligtas o hindi? Ang salita ni Pedro ay maaaring tingnan bilang isang sumpa o isang babala. Ang lahat ng bagong mga mananampalataya ay may mahina at di-tamang pagkaalam ng ebanghelyo, ngunit si Simon ba ay nagpapakita ng isang dagdag na sangkap ng egotismo? Maaari bang maligtas ang tao na may salungat na mga inuuna sa kanilang mga buhay?

▣ **"ang kaloob ng Diyos"** Dito ang Espiritu tumatayo para sa lahat ng gawa ng Diyos para sa makasalanan mapanghimagsik na sangkatauhan (cf. Isaias 55:1-2; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38; Lucas 11:13; Mga Gawa 2:38).

**8:21 "Wala kang bahagi ni kapalaran man sa bagay na ito"** Ang unang terminong "bahagi" (i.e., *meris*) ay nangangahulugang isang kabahagi sa karaniwan. Ito ay mayroong isang salungat na kahulugan dito at sa II Corinto 6:15.

Ang pangalawang termino "kaparte" (i.e., *klēros*) ay ang OT salitang para sa "kapalaran," na isang paraan upang malaman ang kalooban ng Diyos (i.e., *Urim* at *Thummim*). Ginamit nila ito sa paghahati ng Lupang Pangako sa gitna ng mga angkan (cf. Josue 12-19). Samakatuwid, ito ay ginamit sa kaunawaan ng man. Ang terminong ito sa ginamit sa Ingles para sa "saserdote" ngunit sa ang NT ito ay tumutukoy sa lahat ng mga mananampalataya.

▣ **"sapagka't ang puso mo'y hindi matuwid sa harap ng Diyos"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Mga Awit 78:37. Ang mga terminong "matuwid" at "makatarungan" (tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:14) at kanilang iba't-ibang mga anyo, ay mula sa isang termino para sa isang tambong ilog na matatagpuan sa Mesopotamia. Ito ay labing-lima hanggang sa dalawampung talampakang taas at tuwid. Ginamit ng Diyos ang salitang ito, na ginamit sa pagpapayari o konstruksyon (pagsisiyat ng pahalang na pagiging tuwid ng mga paders), upang ilarawan ang Kanyang sariling katangiang moral. Ang Diyos ay ang pamantayan, ruler, matuwid na talim kung saan ang lahat ng mga tao ay hahatulan. Sa liwanag nito, lahat ay nabigo sa pagsusulit (cf. Roma 3:9-18,23).

**8:22 "Magsisi"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS, na nangangahulugan ng madaliang pagkilos. Tingnan ang tala sa Natatanging Paksa sa 2:38.

▣ **"manalangin"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA (deponent) PAUTOS. Ang pakikipag-usap sa Diyos ay katibayan ng isang personal na pakikipag-ugnayan, bilang pananalig, na nagdudulot ng pagsisisi, ay katibayan ng panananahan ng Espiritu!

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALING pangungusap, na ipinagpapalagay na totoo ayon sa mga pampanitikang layunin ng may-akda o mula sa kanyang pananaw. Sa pangungusap, ito ay nangangahulugan ng isang kawalang-katiyakan batay sa kagustuhan ni Simon na magsisi at manalangin para sa kapatawaran. Ang kanyang kaisipan at mga pagkilos ay isang malubhang paglihis mula sa normal na Kristiyanismo.

▣ **"ng pagiisip ng iyong puso"** Ang kasalanan ay nagsisimula sa buhay pangkaisipan. Ang mga rabbi ay nagsasabi na ang isipan ay tulad ng isang inararong hardin na handa para sa binhi. Kung ano ang ating pinahihintulutan sa sa pamamagitan ng ating mga mata at tainga ay magkakaroon ng ugat. Kung tayo ay manananahan dito, ang mga kaisipang ito ay magiging mga pagkilos. Ito ang dahilan kung bakit ipinapahayag ng NT na dapat tayong "inyong bigkisan ang mga baywang ng inyong pag-iisip" (cf. I Pedro 1:13) o "pagbabago ng inyong pagiisip" (cf. Roma 12:2; Efeso 4:23).

**8:23**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"apdo ng kapaitan"** |
| **NKJV** | **"linason ng kapaitan"** |
| **TEV** | **"puno ng mapait na pagkainggit"** |
| **NJB** | **"kapaitan ng apdo"** |

Ang mga terminong "apdo" (*cholē*) at "kapaitan" (*pikros*) na kapwa tumutukoy sa isang mapait na espiritu, ay kadalasang naiuugnay sa kapootan at pagtalikod sa pananampalataya (cf. Deuteronomio 29:18; 32:28-33; Hebreo 12:15). Si Pablo ginagamit ang terminong "mapait" na maraming beses sa mga tala ng mga bagay na dapat iwasan (cf. Roma 3:14; Efeso 4:31).

▣
**NASB** **"sa tali ng katampalasanan"**
**NKJV** **"ginapos ng katampalasanan"**
**NRSV** **"mga tanikala ng kasamaaan"**
**TEV** **"isang bilanggo ng kasalanan"**
**NJB** **"mga tanikala ng kasalanan"**

Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa gawa ng Mesias (cf. Isaias 58:6). Maaaring palayain ni Hesus si Simon mula sa pagkakaalipin sa masama sa personal na kapangyarihan gaya ng kanyang pagkakalaya mula sa kabayaran ng kasalanan. Ang kasalanan ay mayroong dalawa aspeto: (1) kamatayan ay kapwa pang-pisikal at pang-espiritwal at (2) siya ang may kapangyarihan sa buhay ng makasalanan (maaari nitong maapektuhang ang kapwa ang naligtas at ang mapapahamak, cf. I Corinto 3:1-3). Ang kasalanan ay kailangang pagtuunan ng pansin kapwa sa panahon at sa kawalang-hanggan; angkabayaran nito at kapangyarihan ay kailangang pagtuunan ng pansin, ngunit tanging kay Kristo at sa Espiritu maisasakatuparan ito, ngunit tayo bilang mga mananampalataya ay kailangang pahintulutan Sila!

**8:24 "Ipanalangin ninyo ako sa Panginoon"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PAUTOS (MANGMARAMIHAN, na maaaring tumutukoy sa kabuuan ng pangkat pang-misyon). Inulit ni Simon ang mga salita ni Pedro mula sa v. 22. Ang mga salita ni Pedro ay nakapagpatakot sa kaniya. Naniniwala akong si Simon ay isang mananampalataya, ngunit isang bagong sangol.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:25

**[25]Sila nga, nang makapagpatotoo at masabi na nila ang salita ng Panginoon, ay nangagbalik sa Herusalem, at ipinangaral ang ebanghelyo sa maraming nayon ng mga Samaritano.**

**8:25 "makapagpatotoo"** Tingnan ang tala sa 2:40.

▣ **"at ipinangaral ang ebanghelyo sa maraming nayon ng mga Samaritano"** Ipinapakita nito ang may tandang pagbabago sa saloobin sa bahagi ng mga Apostol sa ang mga Samaritano.

Ito ay ay tila na "ang salita ng Panginoon" at "ang ebanghelyo" ay magkasingkahulugan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:26-40

**[26]Datapuwa't nagsalita kay Felipe ang isang anghel ng Panginoon, na nagsasabi, Magtindig ka, at ikaw ay pumaroon sa dakong timugan, sa daang palusong mula sa Herusalem hanggang sa Gaza: (na ito'y ilang *na daan*). [27]At siya'y nagtindig at yumaon: at narito, ang isang lalaking taga Etiopia, isang bating na may dakilang kapamahalaan na sakop ni Candace, reyna ng mga Etiope, na siyang namamahala ng lahat niyang kayamanan, at siya'y naparoon sa Herusalem upang sumamba; [28]At siya'y pabalik at nakaupo sa kaniyang karo, at binabasa ang propeta Isaias. [29]At sinabi kay Felipe ng Espiritu, Lumapit ka, at makisama sa karong ito. [30]At tumakbo si Felipeng patungo sa kaniya, at napakinggan niyang binabasa si Isaias na propeta, at sinabi, Nauunawa mo baga ang binabasa mo? [31]At sinabi niya, Paanong magagawa ko, maliban nang may pumatnubay sa aking sinoman? At pinakiusapan niya si Felipe na pumanhik at maupong kasama niya. [32]Ang dako nga ng kasulatan na binabasa niya ay ito, SIYA'Y GAYA NG TUPA NA DINALA SA PATAYAN; AT KUNG PAANONG HINDI UMIMIK ANG KORDERO SA HARAP NG MANGGUGUPIT SA KANIYA, GAYON DIN HINDI NIYA BINUBUKA ANG KANIYANG BIBIG: [33]SA KANIYANG PAGPAPAKABABA'Y INALIS ANG KANIYANG PAGHUHUKOM. SINO ANG MAGHAHAYAG NG KANIYANG LAHI? SAPAGKA'T INALIS SA LUPA ANG KANIYANG BUHAY. [34]At sumagot ang bating kay Felipe, at sinabi, *Ipinamamanhik ko sa iyo*, kanino sinasabi ng propeta ito? sa kaniya bagang sarili, o sa alin mang iba? [35]At binuka ni Felipe ang kaniyang bibig, at pagpapasimula sa kasulatang ito, ay ipinangaral sa kaniya si Hesus. [36]At sa pagpapatuloy sa daan, ay nagsidating sila sa dakong may tubig; at sinabi ng bating, Narito, ang tubig; ano ang nakahahadlang upang ako'y mabautismuhan? [37][At sinabi ni Felipe Kung nanampalataya ka ng buong puso ay mangyayari. At sumagot siya at sinabi: Sumasampalataya ako na si Hesu-Kristo ay Anak ng Diyos.] [38]At ipinagutos niyang itigil ang karo: at sila'y kapuwa lumusong sa tubig, si Felipe at ang bating; at kaniyang binautismuhan siya. [39]At nang magsiahon sila sa tubig, ay inagaw si Felipe ng Espiritu ng Panginoon; at hindi na siya nakita ng bating, sapagka't ipinagpatuloy niya ang kaniyang lakad na natutuwa. [40]Nguni't nasumpungan si Felipe sa Azoto: at sa pagdadaan ay ipinangaral niya ang ebanghelyo sa lahat ng mga bayan, hanggang sa dumating siya sa Cesarea.**

**8:26 "nagsalita kay Felipe ang isang anghel ng Panginoon"** Dito "ang anghel ng ang Panginoon" at "ang Banal na Espiritu"

ay ay tila magkasingkahulugan (cf. v. 29). Ito ay karaniwan sa Mga Gawa. Tingnan ang tala sa 5:19.

▣ **"Magtindig ka, at ikaw ay pumaroon sa dakong timugan"** Ito ay kapwa MGA PAUTOS. Ito ay maaaring tumutukoy sa isa ng dalawang daan sa Ehipto. Ang mensahe nito ay maaaring naririnig dahil sa pagiging tiyak nito. Ito ay maliwanag na isang pagtatagpong pang-ebanghelyo na inihanda ng Diyos (tulad ng kay Pablo).

▣
**NASB** **"(Ito ay isang ilang na *daan*.)"**
**NKJV** **"Ito ay ilang"**
**NRSV** **"(Ito ay isang daan sa ilang)"**
**TEV** **"(Ang daang ito ay hindi na ginagamit sa ngayon)"**
**NJB** **"ang daang ilang"**

Kung ito ay isang puna ni Lucas, linilinaw ba ni Lucas ang kanyang pinanggagalingan, o ito ba ay isang puna mula sa pinanggagalingan ni Lucas (maaaring si Felipe, cf. Mga Gawa 21:8)? Ang mga tanong na ito ay hindi maaaring sagutin ng may katiyakan. Ang inspirasyon ay sumasaklaw sa paglikha ng Biblya, hindi alintana kung gaano karami ang magkakahiwalay na mga tao na kabilang.

**8:27 "isang may dakilang kapamahalaan"** Ang terminang "pampamunuan" sa literal ay ang terminong "bati." Subalit, ito ay di-tiyak kung siya ay isang pisikal na na bati o isang payak pampamunuan sa hukuman (pinanggalingang kahulugan). Sa OT, Si Potiphar ay tinawag na isang bati at ngunit siya ay may asawa (cf. Genesis 39:1). Sa OT, ang Deuteronomio 23:1 ay nagbabawal sa isang bati na maging bahagi ng isang Hudyong komunidad; gayunman, sa Isaias 56:3-5, ang pagbabawal na ito ay tinggal. Maliwanag na ipinapakita nito ang ang bagong panahon ng Espiritu ay nagsimula na. Kahit na ang taong ito ay isang may takot sa diyos o isang umanib ay totoong di-tiyak, ngunit maaari. Ang naglalarawang parirala ay nagpapahiwatig na siya ay isang mataas na namumuno sa pamahalaan.

▣ **"Candace, reyna ng mga Etiope"** Candace ay isang titulo tulad ng "Faraon" o "Cesar." Ang dahilan kung bakit ang reyna ay nabanggit ay dahil ang hari sa Etiope ay ipinagpapalagay na isang diyos at, samakatuwid, ito ay mababa para sa kanya na isipin ang mga magaan pang-pamamahala o pampulitikang mga kapakanan.

**8:28 "binabasa ang propeta Isaias"** Tila ang taong ito ay nagdala ng isang mamahaling balat na balumbon ng Isaias, na maaaring lalagpas sa 29 na talampakang haba (i.e., ang isa matatagpuan sa Dead Sea Scrolls). Sa pamamagitan ng paggabay ng Espiritu, binuksan ni ito sa pang-Mesias na talata ng Isaias 53:7-8 at binasa ito.

**8:29 "sinabi kay Felipe ng Espiritu, Lumapit ka, at makisama sa karong ito"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PAUTOS. Ito sa literal ay nangahulugang "madikit." Ang Espiritu ay nagbibigay kay Felipe ng bawat tiyak na pamatnubay.

**8:30 "tumakbo si Felipeng patungo sa kaniya, at napakinggan niyang binabasa si Isaias na propeta"** Ang mga sinaunang tao ay nagbabasa ng malakas kahit sila ay nag-iisa.

▣ **"Nauunawa mo baga ang binabasa mo"** Anong isang dakila katanungan! Maaaring magbasa ng Banal na Kasulatan at hindi maliwanag na maunawaan ang layunin. Ang Espiritu ay pumatnubay kay Felipe sa isang "maka-Diyos na pagtatagpo" na

1. nagpapakita na ang bagong panahon ay nagsimula na
2. nagkakaloob ng isang mabisang saksi sa ibang pangkat ng tao

**8:31** Si Isang. T. Robertson sa *Word Pictures of the New Testament* ay pumuna sa talatang ito, "Ito ay isang magkahalong kalagayan, ang pagwawakas na nanggaling sa una ay kasama sa pang-apat na uri. . .na may '*isa*' at optatibo, ngunit ang kalagayan. . .ay sa unang uri. . .isang sapat nakaraniwang pangyayari sa Koine" (p. 110). Ang unang uring kalagayan, tulad ng Lucas 19:40 ay gumagamit ng *ean* sa halip na *ei*. Ang KALAGAYAN ay malalaman sa pamamagitan ng panagano, hindi ng pagkakayari (cf. Lucas 19:40).

**8:32-33** Ito sipi ay mula sa ang pang-Mesias na talata mula sa Septuagint ng Isaias 53:7-9. Hindi ko inakala na ang mga talata ay binigyang-diin at hindi ang ibang pang-Mesias na mga talata sa konteksto ng OT. Subalit, si Felipe ay nagsimula dito sa pagbabasa at ipinaliwanag ang buong talata sa liwanag ng buhay, ministeryo, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus ng Nazareth. Ang OT propesiya ay may katuparan at ang kapatawaran sa pamamagitan ng Kristo ay inalok sa bawat-isa!

**8:35 "binuka ni Felipe ang kaniyang bibig"** Ito ay nagpapakita ang pagkamahalaga ng OT talata patungkol sa "Nagdurusang Lingkod" sa pagpapahayag ngebanghelyo. Naniniwala akong si Hesus, mismo, ang nagpakita sa sinaunang iglesiya kung papaanong ang sinaunang mga propesiya ay tumutukoy sa Kanya (cf. Lucas 24:27).

**8:36 "Narito, ang tubig; ano ang nakahahadlang upang ako'y mabautismuhan"** Kasama sa mensahe ng ebanghelyo ni Felipe ang bautismo (cf. Mateo 3; 28:19; Mga Gawa 2:38; Roma. 6:1-11; Colosas 2:12)! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:38. Pansinin hindi niya na kinailangan ang pagsang-ayon mula sa mga Apostol sa Herusalem upang bautismuhan ang mananampalataya. Ang bautismo ay hindi isang isyung pang-denominasyon, ngunit isang isyu ng kaharian. Kailangan nating maging maingat sa pang-denominasyong mga tradisyon na lubhang nagpapagulo ng mga mga biblikal na usapin kabilang ang mga inaasahang mga pamamaraan sa ating panahon!

Ang bati ba ay nag-aalala na siya ay tatanggapin?

1. isyung panglahi
2. isyung pisikal
3. isyung socio-ekonomiko
4. isyung katesismo

Ang lahat ng mga balakid ay ibininaba kay Hesukristo (cf. Efeso 2:11-3:13). Ang sinuman ay maaaring lumapit (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma. 10:9-13)!

**8:37** Ang talatang ito, na nagtala ng pagtatapat ng bati, ay hindi isinama sa ang sinaunang Griyegong papyri na mga kasulatang $P^{45}$ (Chester Beatty Papyri), $P^{74}$ (Bodmer Papyri), o ang sinaunang unsyanong Griyegong mga kasulatan א, Isang, B, o C. Hindi ito isinama kahit na sa ilang sinaunang Vulgate, Syriac, Coptic, o Etiopeng mga salin. Ang talatang 37 ay hindi orihinal sa Mga Gawa. Ang UBS$^4$ ay nagbigay sa hindi pagsama nito ng isang "Isang" na antas, na nangangahulugang tiyak. Ito ay hindi rin isinama sa ang teksto ng NASB (1970) na pagkalimbag, ngunit ay isinama sa binagong 1995 na may panaklong.

**8:38-39 "lumusong sa tubig. . . magsiahon sa tubig"** Ito ay hindi isang pagpapatunay-teksto para sa paglulubog. Ang konteksto ay nagpapahiwatig na sila lumakad sa isang katawan ng tubig, hindi ang paraan ng bautismo. Maging maingat sa iyong inaakalang mga pagkiling!

**8:39 "inagaw si Felipe ng Espiritu ng Panginoon"** Kung ito ay isang mahimalang pangyayari tulad kay Elias (cf. I Mga Hari 18:12; II Mga Hari 2:16) o kay Ezekiel (cf. Ezekiel 3:14; 8:3) o payak na isang sangunian sa kanyang kagyat na paglisan ay di-tiyak. Ang Espiritu ay lubhang malapit na kasangkot sa pagbabagong-loob na ito. Pansinin din na ang malawak na pag-aasikaso at katesismo ay tila ang hindi nangyari, ngunit ang nanampalataya ay may balumbon ng Isaias at ang panananahan ng Espiritu!

▣ **"pinagpatuloy niya ang kaniyang lakad na natutuwa"** Ang Mabuting Balita ay palaging sinasamahan ng kagalakan (cf. 8:8). Tinala ni Ireaneo ang tradisyon na ang bating ito naging isang misyoneryo ng ebanghelyo sa kanyang sariling bayan. Ang Espiritu mismo ang nag-asikaso ng pagdidisipulo!

**8:40** Nagpatuloy si Felipe (DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG) sa kanyang ebandyelikong ministeryo sa Pilistinang bayan ng Ashdod (i.e., *Azotus*) sa kanyang pagdaan pauwi ng Cesarea sa pamamagitan ng dagat. Ito ay maliwanag si Felipe ay naunawaan ang pandaigdigang ebandyelikong implikasyon sa mga Samaritano at mga Etiopiano. Ang ebanghelyo ay isinama kahit na ang mga Pilistina!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pinahintulutan ng Diyos ang pag-uusig na dumating sa sinaunang Iglesiya?
2. Bakit ang ebanghelyo ay ipinangaral sa mga Samaritano nang lubhang makabuluhan?
3. Si Simon ba ay mananampalataya?
4. Bakit hindi tinanggap ng mga Samaritano ang Banal na Espiritu nang sila ay nanampalataya?
5. Anong uri ng mga tao ang kinakatawan ng bati?
6. Bakit ang talatang 37 ay hindi matatagpuan sa lahat ng mga Bibliya?

# MGA GAWA 9

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagkaligtas ni Saulo | Ang Daan sa Damasco: Naligtas si Saulo | Ang Pagkaligtas ni Saulo ng Tarso | Ang Pagkaligtas ni Saulo | Ang Pagkaligtas ni Saulo |
| 9:1-9 | 9:1-9 | 9:1-9 | 9:1-2 | 9:1-2 |
| | | | 9:3-4 | 9:3-9 |
| | | | 9:5a | |
| | | | 9:5b-6 | |
| | Pagbautismo kay Saulo | | 9:7-9 | |
| 9:10-19a | 9:10-19 | 9:10-19a | 9:10a | 9:10-12 |
| | | | 9:10b | |
| | | | 9:11-12 | |
| | | | 9:13-14 | 9:13-19a |
| | | | 9:15-16 | |
| | | | 9:17-19a | |
| Pangangaral ni Saulo sa Damasco | Nangaral si Saulo kay Kristo | | Pangangaral ni Saulo sa Damasco | Pangangaral ni Saulo sa Damasco |
| 9:19b-22 | | 9:19b-22 | 9:19b-20 | 9:19b-22 |
| | 9:20-22 | | 9:21 | |
| | | | 9:22 | |
| Si Saulo ay Nakaakas mula sa mga Hudyo | Natakasan ni Saulo ang Kamatayan | Unang Pagdalaw ni Saulo Sa Herusalem | | |
| 9:23-25 | 9:23-25 | 9:23-25 | 9:23-25 | 9:23-25 |
| Si Saulo sa Herusalem | Si Saulo sa Herusalem | | Si Saulo sa Herusalem | Pagdalaw ni Saulo sa Herusalem |
| 9:26-30 | 9:26-30 | 9:26-30 | 9:26-30 | 9:26-30 |
| | Ang Pagyabong ng Iglesiya | | | Isang Pagpayapa |
| 9:31 | 9:31 | 9:31 | 9:31 | 9:31 |
| Ang Paggaling ni Aeneas | Gumaling si Aeneas | Paglalakbay ni Pedro sa Lidda at Joppe | Nakita ni Pedro si Lidda sa Joppe | Pinagaling ni Pedro ang Isang Paralitiko sa Joppe |
| 9:32-35 | 9:32-35 | 9:32-35 | 9:32-35 | 9:32-35 |
| Ipinanumbalik ang Buhay ni Dorcas | Napanumbalik ang Buhay ni Dorcas | | | Binuhay ni Pedro ang isang Babae sa Joppe |
| 9:36-43 | 9:36-43 | 9:36-43 | 9:36-43 | 9:36-38 |
| | | | | 9:39-42 |
| | | | | 9:43 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

A. Ang pagbibigay-diin sa Mga Gawa ay nagsimula sa paglipat
   1. mula kay Apostol Pedro patungo kay Apostol Pablo
   2. mula sa Palestina hanggang sa Mediterraneanong mundo
   3. mula sa mga Hudyo hanggang sa mga Hentil.

B. Ang pagbabagong-loob ni Pablo ay totoong isang mahalaga bahagi sa kasaysayan ng iglesiya na ito ay itinala ng tatlong beses sa ang aklat ng Mga Gawa.
   1. Salaysay ni Lucas, 9:1-30
   2. Salaysay ni Pablo sa harap ng makapal na tao sa Herusalem, 22:3-16
   3. Salaysay ni Pablo sa harapan ni Agripa II sa Cesarea, 26:4-18
   4. Binanggit din ni Pablo sa katulad na panahong ito sa Galacia 1:13-17 at II Corinto 11:32-33

C. Ang mga pagkakatulad sa pagitan ng mensahe ni Esteban at mga mensahe ni Pablo ay maliwanag. Si Pablo ay nagsimula na maglingkod sa katulad na Helenistikong mga Hudyo kung saan Esteban ay nangaral. Narinig ni Pablo ang pangangaral ni Esteban sa Mga Gawa 7 (cf. 7:58; 8:1; 22:20). Ito ay maaari rin na si Pablo ay isa sa mga pinuno ng Hellenistikong mga Sinagoga sa Herusalem na nakipagtalo kay Esteban at nawala!

D. Ang ilang maaaring naging salik na nakaimpluwensya sa pagbabagong-loob ni Pablo
   1. ang kabiguan ng Judaismo na magkaloob ng panloob na kapayapaan at kagalakan
   2. ang buhay at mga katuruan ni Hesus ay laganap at tinatalakay sa rabinikal na mga pangkat (lalo na sa Herusalem)
   3. narinig niya ang pangangaral ni Esteban at nasaksihan ang kanyang kamatayan (maaaring maaaring nakipagtalo din kay Esteban)
   4. nakita niya ang pagkilos at pananampalataya ng mga Kristiyano sa ilalim ng pag-uusig
   5. ang kanyang personal pagtatagpo sa muling nabuhay na Panginoon ang nagbago ng lahat

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:1-9

**1Datapuwa't si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga pagbabanta at pagpatay laban sa mga alagad ng Panginoon, ay**
**naparoon sa dakilang saserdote, 2At humingi sa kaniya ng mga sulat sa Damasco sa mga sinagoga, upang kung siya'y**
**makasumpong ng sinoman sa mga nasa Daan, maging mga lalake o mga babae, ay kaniya silang madalang gapos sa**
**Herusalem. 3At sa kaniyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa**
**palibot niya ang isang ilaw mula sa langit: 4At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kaniya'y**
**nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig? 5At *sinabi* niya, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi niya, Ako'y si**

**Hesus na iyong pinaguusig: [6]Nguni't magtindig ka, at ikaw ay pumasok sa bayan, at sasalitain sa iyo ang dapat mong gawin. [7]At ang mga taong kasama niya sa paglalakad ay nangatilihan na hindi makapagsalita, na naririnig ang tinig, datapuwa't walang nakikitang sinoman. [8]At nagtindig sa lupa si Saulo; at pagkadilat ng kaniyang mga mata, ay di siya nakakita ng anoman; at kanilang inakay siya sa kamay at ipinasok siya sa Damasco. [9]At siya'y tatlong araw na walang paningin, at hindi kumain ni uminom man.**

**9:1 "si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga pagbabanta at pagpatay"** Ito sa literal ay "sumisinghal." Sa Mga Gawa 26:11, si Pablo mismo ang nagsabi, na siya ay nag-aapoy sa galit sa kanila. Tila nga napatay ni Pablo ang ilang mga Kristiyano (cf. 8:1).

▣ **"mga alagad ng Panginoon"** Ang terminong ito ay nangangahulugang mga nag-aaral. Ito lamang ay makikita sa mga Ebanghelyo at Mga Gawa. Ang terminong ito ay mabilis na napalitan ng ang terminong "mga banal." Pansinin ang dami ng mga terminong ginamit sa kabanatang ito sa paglalarawan ng bayan ng Diyos:

1. mga alagad, vv. 1,10,19,25,26,36,38
2. ang Daan, v. 2
3. mga banal, vv. 13,32,41
4. mga kapatid, v. 17.

▣ **"naparoon sa dakilang saserdote"** Ito ay maliwanag na isang sangunian sa Sanhedrin (cf. Mga Gawa 26:10). Tingnan ang tala sa Sanhedrin sa 4:5.

**9:2 "ng mga sulat sa Damasco sa mga sinagoga"** Ang Romanong pamahalaan ay nagbigay ng limitadong kapangyarihan sa Sanhedrin sa pangangasiwa at pamamahala sa mga pangyayari sa mga sinagoga o kaugnay sa Hudyong pamumuhay sa Emperyo (cf. I Macabeo 15:16-21 o Josephus, *Antiq.* 14.10.2). Ang Judaismo ay isang tinanggap, na legal relihiyon ng Greco-Romanong mundo.

Tila ang sulat na ito ay pagpapabalik para sa Hudyong mga Kristiyano na tumakas sa Herusalem sa gitna ng pag-uusig ng Hudyo (cf. 9:14,21; 22:5; 26:10).

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING pangungusap na nangangahulugang maaaring pagkilos.

▣ **"Ang Daan"** Ito ay ang sinaunang katawagan para sa mga mananampalataya (cf. 19:9,23; 22:4; 24:14,22 at maaaring 18:25,26). Ito ay mayroong isang kaligiran sa OT, na nagsasalita ng pamumuhay pananampalataya (cf. Mga Awit 1:1; 16:11; 119:105; 139:24; Kawikaan 4:10-19). Ginamit ni Hesus ang konseptong ito sa Mateo 7:14 at ginagamit ang titulo para sa kanyan sarili sa Juan 14:6. Ang Kristiyanismo ay isang personal na pagtatagpo na sinusundan ng isang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan.

▣ **"mga babae"** Ang pagkabanggit ng mga babae ng tatlong beses sa gitna ng mga pangkat na inuusig ni Pablo ay isang daan upang ipakita ang tindi ng mga pagkilos ni Pablo (cf. 8:3; 22:4). Si Lucas ay mayroong isang natatanging malasakit para sa mga babae!

**9:3 "Damasco"** Ito ay isang sinaunang lungsod at kabisera ng Romanong Lalawigan ng Siria na nasa hilaga/hilagang-silangan ng Galilea. Ito ay 150 milya mula sa Herusalem.

▣ **"at pagdaka'y"** Ang terminong ito din ay mayroong ang kahulugan ng "hindi inaakala."

▣ **"ang isang ilaw mula sa langit"** Si Pablo ay nag-uugnay ng kanyang karanasan sa liwanag na ito na may kaibahan sa kanyang tatlong mga salaysay ng kanyang karanasan sa Mga Gawa

1. "isang liwanag mula sa langit ay kumislap sa paligid niya" (9:3)
2. "isang napakakinang na liwanag ang biglaang kumislap mula sa langit sa lahat ng kaniyang paligid" (22:6)
3. "Nakita ko sa daan ang isang liwanag mula sa langit, mas maliwanag sa araw, nagniningning sa lahat ng paligid" (26:13)

Malinaw na naaalala ni Pablo ang pangyayaring ito! Ito ay maaari din na ang liwanag ay may teolohikong/pisikal na kaugnay sa *Shekinah* na kaluwalhatian ng presensya ni YHWH sa Israel sa Panahon ng Paglalagalag sa Ilang. Ang Hebreong konsepto ng "kaluwalhatian" ay tinitingnan ang isang aspeto ng makinang naliwanag mula sa pangkasaysayang pangyayaring ito (tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa 3:13). Ang liwanag na ito ay ipinapakita ni Saulo sa mga rabi na ito ang personal na presensiya ng Diyos.

**9:4 "nakarinig ng isang tinig"** Ang makalangit na tinig na ito ay isang bagay na pamilyar sa Judaismo. Ito ay kilala bilang isang *bath kol*. Itinatakda nito ang isang kaparaan para sa mga Hudyo upang tumanggap ng kaalaman at/o pagpapatunay mula

sa Diyos (sa panahon ng interbiblikal na yugto sa pagitan ng pagsasara ng Malakias [o Cronica] at ang simula ng ministeryo ni Juan de Bautista). Ang anyong ito ng kapahayagan ay kinakailangan dahil walang mga kinasihang mga propeta sa panahon ng yugtong ito.

▣ **"Saulo, Saulo"** Sa Hebreo, ang pag-uulit ng pangalan ay isang daan upang ipakita ang katindihan.

▣ **"bakit mo ako pinaguusig"** Ito ay lubusang mahalaga sa teolohiya dahil ito ay nagpapakita ng pagpapatuloy at napakalapit na ugnayan sa pagitan ni Hesus at ng Kanyang iglesiya (cf. Mateo 10:40; 25:40,45). Inuusig ni Pablo ang Iglesiya, ngunit kinuha ito ni Hesus nang pansarili. Mula sa Mga Gawa 26:14 nalalaman natin na si Hesus ay nagwika kay Pablo sa Aramaiko.

Ito rin ay may teolohikong kahalagahan na ang Kristiyanismo ay kapwa isang persona (Hesus) at isang pangkat (iglesiya). Ang pangkalahatang mga talinghaga na ginamit sa NT para sa iglesiya ay:

1. katawan
2. pamilya
3. gusali
4. mga banal

Ang lahat ay nagbibigay-diin sa magkakasamang kalikasan ng pananampalataya (cf. I Corinto 12:7). Ito ay nagsisimula nang pansarili, ngunit kumikilos sa pangkat (may katapatan at malasakit). Ang pang-isahang pagsasama-samang ito ay maaaring makita sa pagtalakay ni Pablo kay Adan at kay Kristo sa Roma. 5:12-21. Ang Isa ay bahagi ng lahat; ang Isa maaaring makaapekto sa lahat (cf. Josue 7).

**9:5a "Sino ka baga, Panginoon"** Ano ang ibig ipahiwatig ni Pablo imply sa paggamit ng "Panginoon"?

1. ginoo, titulo ng paggalang (ex. Juan 4:11)
2. YHWH, na isinalin na PANGINOON sa OT (hal. Genesis 2:4)

Kung ang pagkagulat ay ang pagtuon, ngayon maaaring ang #1 ang gamitin, ngunit kung ang liwanag mula sa langit ay nangangahulugan isang pagkilos ng Diyos, ngayon ang #2 ay ang paksa. Kung #2, pagkatapos biglaang nahamon ang rabinikal na teolohiya ni Pablo. Anong isang nakakalito at nakakatakot na panahon ang nangyari! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa 1:6.

**9:5b-6b** Ang mga talatang ito ay hindi matatagpuan sa kahit-anong sinaunang Griyegong mga kasulatan. Sila ay matatagpuan sa lamang sa isang Latin na pamilya ng mga kasulatan. Si Easmus, nang isinalin mula sa Vulgate, ay inilagay sila sa kanyang unang na pagkalimbag ng Griyegong Bagong Tipan noong 1516. Ang mga salitang ito ay matatagpuan sa Mga Gawa 26:14. Ang kanilang pagkakasama dito ay nagpapakita isang pagkakahilig ng mga eskriba na gawin ang magkakaagapay na magkakapareho at puno ng lahat ng detalye.

**9:5 "Ako'y si Hesus na iyong pinaguusig"** Inaangkin ni Pablo na kanyang nakita ang Naluwalhating Kristo (cf. Mga Gawa 22:14; I Corinto 9:1; 15:8- 9). Si Pablo, sa huli, ay naunawaan ang karanasang ito bilang isang mahalagang bahagi ng kanyang panawagan na maging Apostol sa mga Hentil.

Ang ipinako sa krus na karpentero mula sa Nazareth ay ang naluwalhating Mesias!

**9:6** Ang talatang ito ay ipinapaliwanag ng may detalye sa vv. 10-19.

▣ **"dapat gawin"** Tingnan ang buong tala ng *dei* sa 1:16.

**9:7 "Ang mga taong kasama niya"** Ito maaaring ay tumutukoy sa

1. ang tagatanggol ng Templo na kasama niPablo
2. ibang Hudyong mga panatiko, ay maaaring mula sa Helenistikong mga sinagoga
3. ibang teolohikong ay tila mula sa Herusalem

▣ **"naririnig ang tinig, datapuwa't walang nakikitang sinoman"** Mayroong isang tila pagkakaiba sa pagitan ng 9:7 at 22:9 sa mga detalye ng pangyayaring ito. Mayroong maraming mga teoriya paano ito titingnan:

1. Ito ay isang paksa ng palaugnayan. Ang PANDIWA "naririnig" ay maaaring kumuha ng isang DYENITIBO (9:7) o isang AKUSATIBO (22:9). Ang mga iba't-ibang anyong ito ay iba't-ibang mga pahiwatig o mga kahulugan. Ang NRSV, sa isang tala sa ibaba, ay mayroong "Ang Griyego ay nagmumungkahi na ang kanyang mga kasama ay naririnig ang tunog ng ang tinig, ngunit hindi ang mga salitang isinawika."
2. Ang iba ay nagsasabi na ito ay katulad sa Juan 12:29-30 patungkol sa pagpasok ni Hesus sa Herusalem at ang tinig mula sa langit.
3. Ang iba ay nagsasabi na ito ay tinig ni Pablo na tinutukoy, hindi kay Hesus. Narinig nila si Pablo na nagsasalita, ngunit hindi nila narinig si Hesus na nagsasalita.

4. Ang iba ay nagsasabi na ito ay katulad sa Sinoptikong suliranin. Ang magkakaibang manunulat ng Ebanghelyo ay nagtala ng katula na mga pangyayari, mga pangangaral, at mga pagkilos ni Hesus sa magkakaibang mga pamamaraan, na mga salaysay na iba't-ibang saksi.

**9:8 "pagkadilat ng kaniyang mga mata, ay di siya nakakita ng anoman"** Si Pablo ay tila mayroong mga suliranin sa mata sa pagkakataong ito (cf. Galacia 4:13-15; 6:11). Ako, sa ganang akin, ay naniniwala na ang "tinik sa laman" ni Pablo (cf. II Corinto 12:7-10; Galacia 4:13-15; 6:11) ay *Oriental ophthalmia*, na maaaring idinulot ng karanasang ito. Mayroong kabalintunaan dito; Si Pablo ay nakakaranas ng isang muling pag-aangkop. Iniisip niya na siya ay maaaring makakita (sa pisikal at sa espiritwal, cf. Juan 9), ngunit siya matatagpuan niyang siya ay bulag. Pagkatapos ng pagtatagpo kay Kristo siya ay nabulag sa pisikal sa loob ng isang yugto, ngunit kanyang espiritwal na mga mata ay bukas na bukas!

**9:9 "At siya'y tatlong araw na walang paningin"** Ito ay isang PAIKUT-IKOT NA DI-GANAP. Ang ilang mga komentarista ay nakita ito bilang pagkakatapon na maitala ang pangitain ni Pablo ng langit sa II Corinto 12:1-4.

▣ **"at hindi kumain ni uminom man"** Si Pablo ay nag-aayuno at nananalangin (cf. v. 11). Anong isang muling pag-aangkop ang nararapat na maganap sa isipan (teolohiya) at puso (desire) ni Pablo! Siya ay nagsimulang magbago mula sa tagausig ng ebanghelyo hanggang sa tagapangaral ng ebanghelyo!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:10-19a

[10]**Ngayon nga'y may isang alagad sa Damasco, na nagngangalang Ananias; at sinabi sa kaniya ng Panginoon sa pangitain, Ananias. At sinabi niya, Narito ako, Panginoon.** [11]**At** ***sinabi*** **sa kaniya ng Panginoon, Magtindig ka, at pumaroon sa lansangang tinatawag na Matuwid, at ipagtanong mo sa bahay ni Judas ang isa na nagngangalang Saulo, lalaking taga Tarso: sapagka't narito, siya'y nananalangin;** [12]**At nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Ananias na pumapasok, at ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, upang tanggapin niya ang kaniyang paningin.** [13]**Nguni't sumagot si Ananias, Panginoon, nabalitaan ko sa marami ang tungkol sa taong ito, kung gaano karaming kasamaan ang ginawa niya sa iyong mga banal sa Herusalem:** [14]**At dito siya'y may kapahintulutan ng mga pangulong saserdote na gapusin ang lahat ng mga nagsisitawag sa iyong pangalan.** [15]**Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Panginoon, Pumaroon ka: sapagka't siya'y sisidlang hirang sa akin, upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Gentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel:** [16]**Sapagka't sa kaniya'y aking ipakikilala kung gaano karaming mga bagay ang dapat niyang tiisin dahil sa aking pangalan.** [17]**At umalis si Ananias at pumasok sa bahay; at ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya na sinabi, Kapatid na Saulo, ang Panginoon, sa makatuwid baga'y si Hesus, na sa iyo'y napakita sa daan na iyong pinanggalingan, ay nagsugo sa akin, upang tanggapin mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Banal na Espiritu.** [18]**At pagdaka'y nangalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga parang kaliskis, at tinanggap niya ang kaniyang paningin; at siya'y nagtindig at siya'y binautismuhan;** [19]**At siya'y kumain at lumakas.**

**9:10 "Ananias"** Ang pangalang ito ay nangangahulugang "si YHWH ay mapagbiyaya." Tila siya ay isang nananampalatayang Hudyo ng mabuting pangalan, hindi isang takas (cf. 22:12).

▣ **"Narito ako, Panginoon"** Ito ay isang Hudyong wikain ng pagiging handa (cf. Isaias 6:8). Ang talatang 11 ay maliwanag na ibinibigay ito ng pasalita dahil ito ay isang napakatiyak na alituntunin.

**9:12 "nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Ananias"** "Sa isang pangitain" ay hindi sa ang sinaunang Griyegong mga kasulatan $P^{74}$, א, at Isang, ngunit ito ay sa MSS B at C. Ang $UBS^4$ inilagay ang mas maikling pagbasa sa teksto ngunit na nagbibigay dito ng isang "C" na antas (may kahirapan sa pagpapasiya). Ang talatang ito ay nagpapakita na ang pagdating ni Ananias, mga pagkilos, at mensahe ay nagpapatunay ng mas naunang mga salita ni Hesus kay Pablo (cf. v. 6)

▣ **"ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:6.

**9:13 "nabalitaan ko sa marami"** Maliwanag na narinig ni Ananias ang mga masasamang ulat patungkol sa mapanirang pag-uusig ni Pablo sa mga mananampalataya mula sa ang Hudyong nakatakas sa Herusalem.

▣ **"iyong mga banal"** Ang termino *hagioi* ay kaugnay sa Griyegong salitang "banal" (*hagios*). Ang OT kaligiran (*kadosh*) ay nag-uugnay sa ilang bagay, ilang tao, o ilang lugar na inihiwalay ng Diyos para sa isang natatanging tungkulin. Ang terminong "mga banal" ay palaging maramihan, maliban sa isa panahon sa Filipos 4:21, ngunit kahit na dito ay sa isang maramihan konteksto. Ang maging isang Kristyano ay maging bahagi ng isang pamilya, isang komunidad. Walang mapag-isa sa pananampalataya.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BANAL

Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong *kadash*, na may pangunahing kahulugan ng pagtatakda ng sinuman, anumang bagay, o anumang lugar na inihiwalay para tanging paggamit ni YHWH (BDB 871). Ipinapakilala nito ang konseptong Ingles na "ang sagrado (banal)." Si YHWH ay hiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang likas (walang hangang di-linikhang Espiritu) at ang Kanyang katangian (kasakdalang moral). Siya ang pamantayan na ang lahat ay masusukat at hahatulan. Siya ang kataas-taasan, Iisang Banal, Ibang Banal.

Linikha ng Diyos ang sangkatauhan para sa pakikipag-sama, ngunit ang pagkahulog (Genesis 3) ay nagdulot ng isang pang-ugnayan at moral na hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalananag sangkatauhan. Pinili ng Diyos na ipanumbalik ang Kanyang may malay na linikha; samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao na maging "banal" (cf. Levitico 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay YHWH, ang Kanyang mga tao ay naging banal sa kanilang pang-ugnayang kalalagayan sa Kanya, ngunit sila rin ay tinawag sa mabuhay sa banal na pamumuhay (cf. Mateo 5:48).

Ang banal na pamumuhay ay maaari dahil ang mga mananampalataya ay lubos na tinanggap at pinatawad sa pamamagitan ng buhay at gawain ni Hesus at ng presensya ng Banal na Espiritu sa kanilang mga isipan at mga puso. Ito ay nagtatatag ng may kabalintunaang kalagayan:

1. Nagiging banal dahil sa ibinilang na katuwiran ni Kristo
2. Tinatawag na mabuhay ng may kabanalan dahil sa presensya ng Espiritu

Ang mga mananampalataya ay "mga banal" (hagioi) dahil sa

1. ang kalooban ng Nag-iisang Banal (ang Ama)
2. ang gawain na Banal na Anak (Hesus)
3. ang presensya ng Banal na Espiritu.

Ang NT ay palaging tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMIHAN (maliban sa isang pagkakataon sa Filipos 4:21, ngunit kahit na ganoon, ang konteksto ay ginawa itong PANGMARAMIHAN). Ang maligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang katawa, isang gusali! Ang Biblikal na pananampalataya ay nagsisimula sa isang personal pagtanggap, ngunit magbubunga sa isang pangkahalatang pakikipag-ugnayan. Ang bawat-isa ay pinagkalooban (cf. I Corinto 12:11) para sa kalusugan, paglago, and kagalingan ng katawan ni Kristo—ang iglesiya (cf. I Corinto 12:7). Tayo ay naligtas upang maglingkod! Ang pagiging-banal ay isang kalipunang katangian!

**9:14 "mga pangulong saserdote"** Sa OT ang mataas na pagkasaserdote ay hanggang buhay at inililipat sa isang natatanging pamilya ng anak ng Levita (cf. Levitico 8-10). Subalit, sa panahon ng Romanong yugto ang tungkuling ito ay binibili mula sa ang Romanong mga pinuno. Samakatuwid, mayroong maraming mga Punong Saserdote sa loob ng pamilya ng Sadduceano na nasa pamilya ni Annas.

▣ **"ang lahat ng mga nagsisitawag sa iyong pangalan"** Ang pariralang ito ay mayroong mahalaga teolohikong mga pahiwatig. Ginamit ito ni Lucas nang maraming beses sa Mga Gawa para sa

1. isang tao na nagsasalita patungkol kay Hesus (cf. 7:59)
2. isang tao na tumanggap kay Hesus bilang Tagapagligtas (cf. 9:14,21)
3. isang sipi sa OT na mula sa Amos 9:12, kung saan ito ay tumutukoy sa isang tao na na tumatawag sa pangalan ni YHWH (i.e., mga mananampalataya, cf. 15:17)
4. Isang daan para sa isang tao na nanindigan sa kanyang pananampalataya kay Hesus (cf. 22:16)

Ang pariralang ito ay bahagi din ng pakiusap ni Pablo sa Israel mula sa Joel 2:32 sa Roma. 10:9-13 (cf. II Timoteo 2:22). Ginamit ni Pedro ang katulad na talata (Joel 2:28-32) sa kanyang pangangaral sa Pentecostes at inanyayahan ang mga nandoon sa "tumawag sa pangalan ng Panginoon" mula sa Joel 2:32.

Ang pangalan ay kumakatawan sa persona. Sa pamamagitan ng pagtawag ng pangalan, ang mga makakasalanan ay magsasamo kay Hesus na kumilos kanilang kapakanan at isama sila sa Kanyang pamilya. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:22.

**9:15 "Pumaroon ka"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Isinugo ng may kapamahalaan ni Hesus ang nag-aatubiling si Ananias kay Saulo.

▣ **"sapagka't siya'y sisidlang hirang sa akin"** O, ang kadakilaan ng biyaya at pagpili ng Diyos! Hindi iniakma ni Pablo ang pang-ebanghelyong modelo sa kusang-loob, kusang pagbabagong-loob. Siya ay madulang ipinalangkas!

▣

**NASB, NKJV "harapan ng mga Gentil"**
**NRSV, NJB "upang dalhin ang aking pangalan sa mga Hentil"**

**TEV "upang ipakilala ang aking pangalan sa mga Hentil"**

Anong isang nakakagulat na pahayag para sabihin ng isang Hudyo (cf. Efeso 3:7)! Ganon pa man, ito ang palaging been plano ng Diyos (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6; Efeso 2:11-3:13, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8). Ang Israel ay lamang isang kasangkapan upang abutin ang mundo, na nilalang sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), ngunit nalugmok (cf. Genesis 3:15).

▣ **"at mga hari"** Si Pablo ay nakipag-usap sa mga pinuno ng pamahalaan, munti at dakila, at sa huli ay kay Cesar!

▣ **"at ng mga anak ni Israel"** Ang palagiang pang-misyong huwaran ni Pablo ay mangaral muna sa lokal na sinagoga (cf. Roma. 1:16) patungo sa bawat lungsod. Pinahihintulutan nito ang mga Hudyo at ang mga may takot sa Diyos na nalalaman ang OT, ng isang pagkakataon na unang tumugon sa ebanghelyo. Pagkatapos ay pupunta siya sa mga pagano.

**9:16 "Sapagkat sa kaniya'y aking ipakikilala kung gaano karaming mga bagay ang dapat niyang tiisin dahil sa aking pangalan"** Ang paghihirap ay hindi ang maipagliliban, ngunit ang karaniwan para sa mga Kristiyano sa isang nalugmok na mundo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-2; 17:14; Mga Gawa 14:22; Roma. 5:3-4; 8:17-18; II Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:24-33; Filipos 1:29; I Thesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-16).

Mayroong isang teolohikong pakikipag-ugnayan sa pagitan ng ang mga pagdurusa ni Kristo at ang mga pagdurusa ng Kanyang mga tagasunod sa nalugmok na mundong ito. Ang aklat ng I Pedro ay nagpapakita ng ganitong pagkakaagapay.

1. Ang pagdurusa ni Hesus, 1:11; 2:21,23; 3:18; 4:1,13; 5:1
2. ng Kanyang mga tagasunod, 1:6-7; 2:19; 3:13-17; 4:1,12-19; 5:9-10

Kung ang mundo ay tinanggihan Siya, tatanggihan nito ang sa Kanya (cf. Juan 7:7; 15:18-19; 17:14).

**9:17 "at ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya"** Walang batayan sa kasulatan ang konsepton ng "pang-apostol na kapangyarihan" sa paggagawa ng spiritwal na mga kaloob. Si Ananias ay isang di-kilalang karaniwang mananampalataya sa Damasco na naging

1. Tagapagsalita ng Diyos at isang kinatawan
2. Ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu kay Pablo (cf. v. 17)
3. Pisikal na kagalingan ni Pablo (cf. v. 18)
4. Bautismo ng Pablo (cf. v. 18)

▣ **"Kapatid na Saulo"** Anong isang dakilang halimbawa ng pagsunod at pag-ibig!

**9:18 "nangalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga parang kaliskis"** Ito ay isang teknikal na medikong termino para sa pagtutuklap ng balat mula sa isang sugat na ginagamit ni Lucas upang ilarawan kung ano ang nangyari s mata ni Pablo sa sandali ng paggaling. Ang salitang kaliskis ay ginamit sa kaliskis ng isa sa Septuagint (cf. Levitico 11:9,10,12; Deuteronomio 14:9). Ang talinghagang karugtong ay makikita sa Mga Bilang 16:38, kung saan ito ay ginamit sa mga pinantay na platong bakal. Sa kontekstong ito sila ay maaaring mga natutuklap sa balat o sa ibabaw na dumaloy sa mga mata ni Pablo

▣ **"ay binautismuhan"** Si Ananias ay tila binautismuhan din si Pablo (cf. 8:36,38). Ang bautismo sa NT ay isang pagkilos ng pagsunod sa halimbawa ni Hesus (cf. Mateo 3:13-17; Marcos 1:9-11; Lucas 3:21-22) at utos (cf. Mateo 28:19.) Ito ang tanda ng isang nagbagong pagkamay-ari at pagkamatapat.

**9:19a "siya'y kumain at lumakas"** Si Pablo ay nag-aayuno at nananalangin simula nang patumbahin siya ng liwanag sa lupa (cf. 9). Pagkatapos ng tatlong araw ng buong pag-aayuno (walang pagkain o tubig), siya ay lubhang napakahina.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:19b-22

**[19b]At siya'y nakisamang ilang araw sa mga alagad na nangasa Damasco. [20]At pagdaka'y kaniyang *sinimulang* tinanyag sa mga sinagoga si Hesus, na siya ang Anak ng Diyos. [21]At ang lahat ng sa kaniya'y nakarinig ay namangha, at nangagsabi, Hindi baga ito yaong sa Herusalem ay lumipol sa mga nagsitawag sa pangalang ito? at sa ganitong nasa ay naparito siya, upang sila'y dalhing gapos sa harap ng mga pangulong saserdote. [22]Datapuwa't lalo nang lumakas ang loob ni Saulo, at nilito ang mga Hudyo na nangananahan sa Damasco, na pinatutunayan na itong *si Hesus* ang Kristo.**

**9:20 "kaniyang *sinimulang* tinanyag sa mga sinagoga si Hesus"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Ito ay maaaring mangahulugang (1) ang simula ng isang pagkilos o (2) paulit-ulit na pagkilos. Anong kabalintunaan! Siya ay dumating nang mas maaga na may isang sulat mula sa mga Punong Saserdote sa Herusalem sa ang mga sinagoga sa Damasco na usigin ang mga tagasunod ni Hesus at ngayon siya ay dumating sa katulad na mga sinagoga na ipinapangaral si Hesus

bilang ang Mesias (cf. v 21).

▣ **"'siya ang Anak ng Diyos'"** Ito lamang ang gamit ng titulong "Anak ng Diyos" sa ang aklat ng Mga Gawa (maliban sa sipi ng Mga Awit 2:7 sa Mga Gawa 13:33). Ang kaligiran sa OT ay liniliwanag ang kahalagahan nito: (1) ang bansa ng Israel (cf. Osea 11:1); (2) ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14); at (3) ang Mesias (cf. Mateo 2:15). Ang mahigpit na monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:39) ay muling itinatakda!

## NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS

Isa ito sa mga pangunahing katawagan (titulo) sa NT para kay Hesus. Ito ay may tiyak na kahulugang pagka-Diyos (banal) . Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at ipinakikilala ang Diyos bilang "Ama." Makikita ito sa NT ng higit sa 124 na beses. Maging ang sariling katawagan (designasyon) ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na kahulugan mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang katawagang "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. Ang mga anghel (kadalasang PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. Ang bansang Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
4. Ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkagamit na inuugnay kay Hesus. Sa ganitong paraan, ang "anak ni David" at "anak ng Diyos" ay kapwa nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT, ang "anak ng Diyos" ay hindi kailanman ginamit nang tiyakan sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga katungkulan" ng Israel. Gayunpaman, sa *Dead Sea Scrolls* ang titulo na may maka-Mesias na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Jesus and the Gospels,* p. 770). Gayundin, ang "Anak ng Diyos" ay isang maka-Mesias na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Ang kaligiran nito sa NT sa kanyang pagtukoy kay Hesus ay pinakamahusay na mabubuod sa pamamagitan ng maraming mga pangkat.

1. Ang Kanyang pag-iral bago pa man ang paglilikha (cf. Juan 1:1-18)
2. Ang Kanyang natatanging (birheng) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Ang Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos mula sa langit ay nagsasama ng maharlikang hari ng Awit 2 sa naghihirap na lingkod ng Isaias 53).
4. Ang Kanyang maka-Satanas ng panunukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukso upang pag-alinlangan ang Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Ang Kanyang paninindigan sa mga hindi katanggap-tanggap na pagtatapat
   a. Mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. Mga di-mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Ang Kanyang paninindigan sa kanyang mga alagad
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Ang Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Ang Kanyang paggamit ng talinghagang pampamilya sa Diyos bilang Ama
   a. Ang Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) Roma 8:15
      3) Galacia 4:6
   b. Ang Kanyang paulit-ulit na paggamit ng Ama (*patēr*) upang ilarawan ang Kanyang kaugnayan sa pagka-Diyos

Sa pagbubuod, ang titulong "Anak ng Diyos" ay mayroong dakilang teolohikong kahulugan para sa mga nakakaalam ng OT at ang kanyang mga pangako at mga pangkat, ngunit ang mga manunulat ng NT ay kinakabahan sa paggamit nito sa mga Hentil dahil sa kanilang paganong pinanggalingan ng "mga diyos" na kumukuha ng mga kababaihan na nagbubunga ng mga anak na "mga titan" o "mga higante."

**9:21** Ang talatang ito ay nasa anyo ng isang katanungan na inaasahan ang isang "oo" na sagot.

▣ **"lumipol"** Ito ay isang di-karaniwan at napakasidhing salita na nangangahulugang malaking pinsala, nasalanta, o lubusang nawasak. Ito ay matatagpuan lamang dito at sa Galacia 1:13,23 sa ang NT at sa IV Macabeo 4:23. Si Pablo ay

isang mapanirang taga-pag-usig!

**9:22**
**NASB "lalo nang lumakas ang loob ni Saulo"**
**NKJV "lalo nang nadagdagan ang lakas ni Saulo"**
**NRSV "si Saulo naging mas malago sa kapangyarihan"**
**TEV "ang pangangaral ni Saulo ay naging mas makapangyarihan"**
**NJB "nagpatuloy na madagdagan ang kapangyarihan ni Saulo"**

Ito ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Tumagal ng ilang panahon upang yumabong ang mga kaloob at kasayan. Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa mga kasanayang pangangaral at pakikipagtalo ni Pablo (cf. TEV).

▣ **"nilito"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nangangahulugang paulit-ulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ito ay isang tambalang termino mula sa "magkasama" (*sun*) at "pagbuhos" (*cheō*). Ang salitang ito ay matatagpuan lamang sa Mga Gawa.

1. 2:6, nalito
2. 9:22, nataranta
3. 19:32, kaligaligan
4. 21:27, ginulo
5. 21:31, kaligaligan

Maaaring ang mga Hudyo ay hindi maipaliwanag ang pagbabagong-loob ni Pablo o kanyang makapangyarihang pangangaral kay Hesus bilang ang ipinangakong Mesias ng OT.

▣ **"pinatutunayan"** Ang salitang ito ay nangangahulugang magwakas (cf. Mga Gawa 16:10; 19:33) at sa pamamagitan ng pagdurugtong, magpatunay. Ang paraan ni Pablo ay malaking pagkakatulad kay Esteban. Sila ay kapwa ginamit sa mga talata sa OT at ang kanilang katuparan ay ang buhay ni Hesus ng Nazareth upang patunayan na Siya ay ang Mesias na ipinangako sa OT.

▣ **"ang Kristo"** Ito ay isang paraan ng pagtukoy sa Mesias (Ang Isang Pinili, Ang Ipinangakong Darating, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31). Maraming beses sa Mga Gawa na ang TIYAK NA PANTUKOY ay nauuna sa PANGNGALAN (hal. 2:31,36; 3:18,20). Si Saulo ay nagpapahayag nang may kapangyarihan at paniniwala na si Hesus ng Nazareth, na pinatay sa Herusalem, ay tunay ngang Anak ng Diyos, ang Mesias. Kung ito ay totoo, ito ay nagbago ng lahat ng bagay para sa mga Hudyo (at mga Hentil)! Hindi nila naunawaan at itinanggi Siya. Hindi nila nakita ang kaloob ng Diyos at nanatili sa espiritwal na kadiliman at pangangailangan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:23-25

**23 At nang maganap ang maraming mga araw, ay nangagsanggunian ang mga Hudyo upang siya'y patayin:**
**24 Datapuwa't napagtalastas ni Saulo ang kanilang banta. At kanilang binantayan naman ang mga pintuang daan sa araw at gabi upang siya'y kanilang patayin: 25 Nguni't kinuha siya sa gabi ng kaniyang mga alagad, at siya'y ibinaba sa *isang puwang sa* pader na siya'y inihugos na nasa isang balaong.**

**9:23 "nang maganap ang maraming mga araw"** Kailangang nating isaalang-alang ang personal na salaysay ni Pablo na matatagpuan sa Galacia 1:15-24, kung saan iginugol niya ang mahabang yugto ng panahon sa Arabia. Sa kontekstong ito, ang Arabia ay tumutukoy sa kaharian Nabataeano (na pinamumunuan ni Aretas IV, na naghari mula sa 9 B.C. hanggang A.D. 40) sa timog-silangan ng Damasco. Ang tatlong-taong yugto ay maaaring ay maaaring mangahulugan ng halos labing-walong buwan. Ang mga Hudyo ay ibinibilang ang bahagi ng isang araw bilang buong araw (cf. Mateo 26:61; 27:40,63); ang ganitong pagtatantsa ay ginagamit din sa mga taon.

▣ **"nangagsanggunian ang mga Hudyo upang siya'y patayin"** Ang mga Hudyo ay tila pinakilos ang mga siblyang awtoridad (cf. II Corinto 11:32-33). Ito ay lubhang nakakahiya para kay Pablo dahil binanggit niya ang pangyayaring ito sa kanyang pagtalakay ng kahinaan sa II Corinto 11.

**9:25 "sa *isang puwang sa* pader"** Ito ay tumutukoy sa isang bintana sa isang pribadong bahay na ang likod na pader ay ay nakapalibot sa lungsod (cf. II Corinto 11:33; Josue 2:15; I Samuel 19:12).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:26-30

**26 At nang siya'y dumating sa Herusalem, ay pinagsikapan niyang makipisan sa mga alagad: at silang lahat ay nangatakot sa kaniya, sa di paniniwala na siya'y alagad, 27 Datapuwa't kinuha siya ni Bernabe, at siya'y**

**iniharap sa mga apostol, at sa kanila'y isinaysay kung paanong nakita niya sa daan ang Panginoon, at kinausap siya, at kung paanong siya'y nangaral sa Damasco na may katapangan sa pangalan ni Hesus. [28]At siya'y kasamasama nila, na pumapasok at lumalabas sa Herusalem, [29]Na nangangaral na may katapangan sa pangalan ng Panginoon: at siya'y nagsalita at nakipagtuligsaan sa mga Greco-Hudyo; datapuwa't pinagpipilitan nilang siya'y mapatay. [30]At nang maalaman ito ng mga kapatid, ay inihatid nila siya sa Cesarea, at siya'y sinugo nila sa Tarso.**

**9:26 "siya'y dumating sa Herusalem"** Ito ay tila labing-walo hanggang sa tatlumpu't-anim na buwan pagkatapos (cf. Galacia 1:15-24). Ang talatang ito ay nagpapakita ng antas ng pag-aalinlangan kung saan ang mga mananampalataya sa Herusalem ay pinipigilan ng kanilang daling tagapag-usig. Tila ang Mga Gawa ang nagtala ng maraming pagdalaw ni Pablo sa Herusalem pagkatapos ng kanyang madulong pagbabagong-loob.

1. 9:26, unang pagdalaw
2. 11:30, pagtulong na pagdalaw
3. 12:25, pagkatapos ng misyon
4. 15:2, Konseho sa Herusalem
5. 18:22, maikling pagdalaw sa iglesiya
6. 21:17, pagdalaw kasama si Santiago at ang mga pinuno at nagdulot ng Nazaritong panata at pagdakip

**9:27 "Bernabe"** Ang kilalang kahulugan, bagaman hindi etimolohiko, ay "anak ng pagbibigay-siglo." Ito ay ang dakilang banal na nabanggit sa 4:36 na naging katuwang ni Pablo sa kanyang unang misyon. Tingnan ang buong tala at Natatanging Paksa sa 4:36.

▣ **"siya'y iniharap sa mga apostol"** Ang isa pang ibnag tala ay Galacia 1:18.

▣ **"at sa kanila'y isinaysay"** Nalalaman at ibinahagi ni Bernabe ang patotoo ni Saulo. Ito ay nagbukas ng pinto sa kanyang pagtanggap (cf. v. 28).

**9:28**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"na pumapasok at lumalabas"** |
| **NKJV** | **"pumasok at lumabas"** |
| **NRSV** | **"labas-pasok"** |
| **TEV** | **"pumunta sa lahat ng dako"** |
| **NJB** | **"umikot-ikot"** |

Ito ay isang OT wikain ng pang-araw-araw na buhay o gawain (cf. Mga Bilang 27:17; I Mga Hari 3:7).

**9:29 "iya'y nagsalita at nakipagtuligsaan sa mga Greco-Hudyo"** Ito ay tumutukoy sa katulad na pangkat (mga sinagoga ng mga Hudyo na nagsasalita ng Griyego sa Herusalem) na pumatay kay Esteban; ngayon sila ay nagbabalak na patayin si Saulo, na isa din Hudyo mula sa diaspora. Maaaring naiisip nila na bumalik si Esteban!

**9:30 "ang maalaman ito ng mga kapatid"** Mula sa 22:17-21, natutuhan natin na nagpakita si Hesus kay Pablo sa panahong ito na sinabi sa kaniya na lumayao sa Herusalem. Nagpakita si Hesus kay Pablo nang araming beses sa panahon ng kanyang ministeryo upang palakasin at gabayan siya (cf. 18:9-11; 22:17-21; at isang anghel ng Panginoon sa 27:23).

▣ **"Cesarea"** Ito ay tumutukoy sa ang Romanong daungan ang Mediterraneanong baybayin ng Palestina. Ito ay ang pampamunuang himpilan ng Romanong pamahalaan sa Palestina.

▣ **"Tarso"** Si Pablo ay magpapatunay na mawalan ng paningin sa maraming taon sa kanyang bayang sinilangan. Ang Tarso ay isang malayang lungsod. Ito ay din ang pangatlong pinakamalaking sentro ng pagkatuto sa sinaunang mundo, sa hulihan ng Alexandria at Atenas. Ang mga pamantasan sa Tarso ay nagbibigay-diin sa pilosopiya, retorika, at batas. Si Pablo ay maliwanag na sinanay sa kapwa sa Griyegong retorika at pilosopiya gayundin naman sa rabinikal na Judaismo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:31

**[31]Sa gayo'y nagkaroon ng kapayapaan ang iglesiya sa buong Judea at Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at, sa paglakad na may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Banal na Espiritu, ay nagsisidami.**

**9:31** Ito ay isang buod na talata na nagwawakas sa tala ng pagbabagong-loob ni Pablo at nagsisimula ng mga paglalakbay ni Pedro. si Lucas ay kadalasang gumagamit ng mga buod na talata sa Mga Gawa. Tingnan ang Panimula IV Layunin at

Kayarian, A.

▣ **"angiglesiya"** Tingnan ang tala sa Natatanging Paksa sa 5 :11 at pansinin kung papaanong ang pang-isahan na "iglesiya" ay tumutukoy sa maraming indibidwal na mga pagkakatipon. Ang terminong "iglesiya" ay maaaring mangahulugan na isang lokal na iglesiya (ex. Colosas 1:18,24; 4:15,16), lahat ng mga iglesiya ng isang dako (ex. Efeso 1:22; 3:10,21; 5:23,24,25,27,29,32), at lahat ng mga iglesiya sa lahat ng dako (ex. Mateo 16:18).

▣ Pansinin ang mga bagay na piniling banggitin ni Lucas.

1. kapayapaan sa lahat mga iglesiya
2. lumalago at nadaragdagan
3. kaginhawaan mula sa ang Espiritu

Anong pagbabago mula sa pag-uusig ng 8:1! Mayroon pa ring mga suliranin, ngunit ang Diyos ang tutugon sa mga pangangailangang ito!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit lubhang masidhi si Pablo sa kanyang pag-uusig ng iglesiya?
2. Bakit mayroong tatlong mga salaysay ng pagbabalik-loob ni Pablo sa aklat ng Mga Gawa?
3. Anong ay ang kahalagahan ng pagsugo kay Pablo, pagpapatong ng kamay, at pagbabautismo sa pamamagitan ng Ananias?
4. Anong ay ang kahalagahan ng paggamit ni Pablo kay Hesus bilang "Ang Anak ng Diyos"?
5. Bakit hindi tinala ni Lucas ang tatlong taong paglalakbay ni Pablo sa Arabia?

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL TO 9:32-10:48

A. Bagaman ang aklat ng Mga Gawa ay nagsisimula sa pagbabagong kalagayan mula kay Pedro patungo kay Pablo, mga kabanata 9:32-12:25 ay nagpapakita paglalakbay na ministeryo ni Pedro.

B. Ang bahaging ito ay may kaugnayan kina Pedro at Lidda, 9:32-35; Joppe, 9:36-43, 10:9-23; Cesarea, 10:1-8, 23-48; at sa Herusalem, 11:1-18; 12:1-17.

C. Ang bahaging ito ay lubusang mahalaga dahil ito ay may kinalaman sa nagpapatuloy na pagsisikap sa Hentil na misyon at ang bahagi ni Pedro (bilang pinuno ng pang-Apostol na pangkat) sa pagsisikap na ito. Ipinapalagay ni Lucas na tala ni Cornelio account lubhang mahalaga ito ay inulit nang tatlong beses sa bahaging ito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:32-35

**32 At nangyari, na sa paglalakad ni Pedro sa lahat ng dako, siya'y naparoon naman sa mga banal na nangananahan sa Lidda. 33 At doo'y natagpuan niya ang isang lalake na nagngangalang Eneas, na walo nang taong sumasabanig; sapagka't siya'y lumpo. 34 At sinabi sa kaniya ni Pedro, Eneas, pinagagaling ka ni Hesukristo: magtindig ka, at husayin mo ang iyong higaan. At pagdaka'y nagtindig siya. 35 At siya'y nakita ng lahat ng mga nangananahan sa Lidda at sa Sarona, at sila'y nangagbalik-loob sa Panginoon.**

**9:32 "sa paglalakad ni Pedro"** Tila ang mga Apostol ay nangangaral sa lahat ng dako ng Palestina at sa mga kapitbahay na bansa.

▣ **"sa mga banal"** Ang termino ay ginamit sa aklat ng Mga Gawa sa ilarawan ang iglesiya. Tingnan ang Natatanging Paksa:

Saints at 9:13. Ang terminong "mga alagad" ay unti-unting pinalitan ng terminong "mga banal." Ang termino ay kaugnay sa ang OT salitang "banal" at nangangahulugang, "itinakdang ihiwalay" para sa paglilingkod sa diyos. Ito ay di kailanman ginamit na PANG-ISAHAN maliban sa isa panahon sa Filipos 4:21, na isang magkakasamang konteksto. Ito ay nagpapakita na ang maging isang banal ay nangangahulugang maging "sa komunidad." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:13. Ang lahat na mga mananampalataya ay tinawag na "mga banal" sa NT! Ito ay ating kalalagayan kay Kristo na siyang binibigyang-diin.

## NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG PAGLAGO

| **Roma 5:3-4** | **Galacia 5:22-23** | **Santiago 1:3-4** | **II Pedro 1:5-7** |
|---|---|---|---|
| Ang pighati ay Nagdudulot ng | Bunga ng Espiritu | Ang pagsubok ay nagbubunga ng | Paggamit ng kasigasigan |
| * pagtitiyaga | * pag-ibig | * tatag | * mataas na uri ng moralidad |
| * napatunayang katangian | * kaligayahan | * paglago | * kaalaman |
| * pag-asa (cf. v. 2) | * kapayapaan | 1. pagkamatapat | * pagtitimpi |
| | * pagtitiis | 2. Pagiging lubos | * pagtitiyaga |
| | * kabaitan | | * kabanalan |
| | * kabutihan | | * kabaitan sa kapwa (*philadelphia*) |
| | * katapatan | | * Kristiyanong pag-ibig (*agapē*) |
| | * kaamuhan | | |
| | * pagtitimpi | | |

▣ **"Lidda"** Ang bayan ng Lidda ay matatagpuan sa daang pangangalakal mula sa Babilonya hanggang Ehipto. Sa OT ito ay kilala bilang "Lod" (cf. I Cronica 8:12). Ito ay patungkol sa labing-isang milyang lupa mula sa Dagat Mediterraneano. Ito ay ang katulad na dako na dinalaw ni Felipe sa kabanata 8:40.

**9:33 "ang isang lalake na nagngangalang Eneas"** Ang Kanyang Griyegong pangalan ay nangangahulugang "pagpuri." Kung siya ay isang mananampalataya o di-mananampalataya ay di-tiyak, ngunit tila muling dinalaw ni Pedro ang mga naitatag na iglesiya na sinimula ni Felipe.

▣ **"na walo nang taong sumasabanig; sapagka't siya'y lumpo"** Ang saling ito ay ang pinaka-karaniwang pagbibigay-kahulugan sa Griyegong pariralang ito (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB). Subalit, ang Griyegong parirala ay maaaring mangahulugang "buhat noong walong taong gulang" (cf. Newman at Nida, *One Translator's Handbook on The Acts of the Apostols*, p. 199).

**9:34 "Eneas, pinagagaling ka ni Hesukristo"** Walang PANTUKOY dito, na nagpapahiwatig na ang dalawang terminong ito ay magiging isang karaniwan katawagan. Ito ay isang pampanitikang anyo na kilala bilang isang AORISTIC NA PANGKASALUKUYAN, na nangangahulugang "ang Mesias ay kagyat na papagalingin ka."

▣ **"magtindig ka, at husayin mo ang iyong higaan"** Ang dalawang AORIST NA TAHAS MGA PAUTOS na ito ay nagpapakita ng katindihan at madaliang pagkilos!

▣ **"At pagdaka'y nagtindig siya"** Ito ay nagpapakita ng pananampalataya ng tao bilang pagtugon mensahe ni Pedro patungkol kay Hesus.

**9:35 "lahat ng mga nangananahan sa Lidda"** Ito ay isang mabuti halimbawa ng isang hayperbolikong paggmit ng terminong "lahat" sa Bibliya (cf. Genesis 41:37; Deuteronomio 2:25; Lucas 2:1; Roma. 11:26).

▣ **"Sarona"** Ito ay tumutukoy sa hilagang baybaying kapatagan sa Palestina. Ito ay halos tatlompung milya ang haba mula sa Joppe hanggang sa Cesarea.

▣ **"at sila'y nangagbalik-loob sa Panginoon"** Ang salitang "pagbaling" ay maaaring magpaliwanag ng salitang OT para sa pagsisisi (*shub*). Ito ay nagpapahiwatig pagtalikod mula sa kasalanan at sarili (pagsisisi) at pagbaling sa (pananampalataya) ang Panginoon (cf. 11:21).

Ito ang munting buod na pahayag ay isinama nang maraming beses sa sa bahagi ito, na nagpapakit ng dakilang pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ni Pedro at sa huli, sa pamamagitan ni Pablo. Ito mahimalang pangyayaring nagbukas

ng pintuan para sa paghahayag ng ebanghelyo.

## NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA LUMANG TIPAN

Ang konseptong ito ay krusyal ngunit napakahirap na bigyan kahulugan. Karamihan sa atin ay may paliwanag na nagmumula sa ating denominasyonal na kaanib. Gayunpaman, madalas isang "nakatakda" teolohikal na paliwanag ay inaaatas sa ilang mga Hebreo (at Griyego) mga salitana hindi partikular na nagpapahiwatig na "nakatakda" kapaliwanagan. Dapat na tandaan na ang mga may-akda ng NT (maliban kay Lucas) ay mga Hebreong mang-iisip na gumagamit ng Koine Griyegong mga termino, kaya ang lugar na pagsisimulan ay ang mga Hebreong termino mismo, kung saan may dalawang mga pangunahin.

1. *nhm* (BDB 636, KB 688)
2. *swb* (BDB 996, KB 1427)

Ang una, *nhm*, na sa orihihnal ay tila nangahulugan na humugot ng malalim na buntong hininga, ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

a. "pahinga" o "ginhawa" (e.g., Genesis 5:29; 24:67; 27:42; 37:35; 38:12; 50:12; madalas ginamit sa mga pangalan, cf. II Hari 15:14; I Cronico 4:19; Nehemias 1:1; 7:7; Nahum 1:1)
b. "pighati" (e.g., Genesis 6:6,7)
c. "binagong isip" (e.g., Exodo 13:17; 32:12,14; Bilang 23:19)
d. "pagkahabag" (e.g., Deutronomio 32:36)

Pansinin na ang lahat ng mga ito ay nagsasangkot ng malalim na emosyon! Narito ang susi: malalim na damdamin na nagdudulot ng aksyon. Ang pagbabagong ito ng aksyon ay madalas na ibinibigay sa ibang mga tao, ngunit ibinibigay din sa Diyos. Ang pagbabago ng saloobin na ito at aksyon tungo sa Diyos na naghahawa sa terminong ito na lubhang may teolohikal na kahalagahan. Ngunit dito ang pag-iingat ay dapat na isinasagawa. Ang Diyos ay sinasabi na "nagsisi" (cf. Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:11,35; Awit 106:45),ngunit hindi ito nagreresulta mula sa kalumbayan sa kasalanan o pagkakamali, ngunit isang pampanitikang paraan ng pagpapakita ng Diyos ng pagkahabag at pag-aaruga (cf. Bilang 23:19; I Samuel 15:29; Awit 110:4; Jeremias 4:27-28; Ezekiel24:14). Ang nararapat na kaparusahan para sa kasalanan at rebelyon ay pinatawad kung ang nagkasala ay tunay na tumalikod sa kanyang kasalanan at bumalik sa Diyos.

Ang terminong ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang konteksto ay krusyal sa pagdedetermina ng ginustong kahulugan.

Ang ikalawang termino, *swb*, ay ibig sabihin "lumiko" (lumiko mula, lumiko pabalik, lumiko sa). Kung ito ay totoo na ang dalawang kinakailangan para sa tipan ay mga "pagsisisi" at "pananampalataya" (e.g., Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:4,15; 2:17; Lucas 3:3,8; 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3), magkagayon ang *nhm* ay tumutukoy sa matinding mga damdamin ng pagkikilala sa kasalanan ng isa at paglayo sa mga ito, habang ang *swb* ay maaring tumukoy sa pagtalikud sa kasalanan at pagharap sa Diyos (isang halimbawa ay yaong dalawang mga espiritwal na mga aksyon ni Amos 4:6-11, " hindi ka bumalik sa Akin" [limang beses] at Amos 5:4,6,14, "hanapin mo Ako. . .hanapin mo ang Panginoon. . .hanapin mo ang kabutihan hind ang kasamaan").

Ang unang dakilang halimbawa ng kapangyarihan ng pagsisisi ay ang kasalanan ni David kay Bathsheba (cf. II Samuel 12; Awit 32, 51). Mayroong mga nagpapatuloy na konsekuwensiya para kay David, sa kanyang pamilya, ngunit si David ay pinanumbalik sa pakikisama sa Diyos! Maging ang masamang si Manasseh ay maaring magsisisi at patawarin (cf. II Cronico 33:12-13). Parehong mga terminong ito ay ginamit na kahanay sa Awit 90:13. Mayroon dapat pagkilala sa kasalanan at isang puno ng layunin, personal na pagtalikod mula dito, at gayundin ang pagnanasang hanapin ang Diyos at Kanyang katuwiran (cf. Isaias 1:16-20). Ang pagsisisi ay may kognitibong aspeto, isang personal na aspeto, at isang moral na aspeto. Lahat ng tatlo ay kinakailangan, kapwa upang magsimula ng isang bagong relasyon sa Diyos at upang mapanatili ang bagong relasyon. Ang malalim na emosyon ng pagdadalamhati ay magiging nananatiling debosyon sa Diyos at para sa Diyos!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:36-43

**36Ngayon ay may isang alagad sa Joppe na nagngangalang Tabita, na ang kahuluga *sa Griyego ay* Dorcas:
ang babaing ito'y puspos ng mabubuting gawa at ng pagkaawang gawa na kaniyang ginagawa. 37At nangyari nang
mga araw na yaon, na siya'y nagkasakit, at namatay: at nang siya'y mahugasan na nila, ay kanilang ibinurol siya
sa isang silid sa itaas. 38At sapagka't malapit ang Lidda sa Joppe, pagkabalita ng mga alagad na si Pedro ay
naroroon, ay nangagsugo sa kaniya ng dalawa katao, na ipinamamanhik sa kaniya, Huwag kang magluwat ng
pagparito sa amin. 39At nagtindig si Pedro at sumama sa kanila. At pagdating niya, ay inihatid nila sa silid sa
itaas: at siya'y niligid ng lahat ng mga babaing bao, na nagsisitangis, at ipinakikita ang mga tunika at ang mga
damit na ginawa ni Dorcas, nang ito'y kasama pa nila. 40Datapuwa't pinalabas silang lahat ni Pedro, at lumuhod,
at nanalangin; at pagbaling sa bangkay ay kaniyang sinabi, Tabita, magbangon ka. At iminulat niya ang kaniyang**

**mga mata, at nang makita niya si Pedro, ay naupo siya.** **[41]At iniabot ni Pedro sa kaniya ang kaniyang kamay, at siya'y itinindig; at tinawag ang mga banal at ang mga babaing bao, at siya'y iniharap niyang buhay.** **[42]At ito'y nabansag sa buong Joppe: at marami ang mga nagsisampalataya sa Panginoon.** **[43]At nangyari, na siya'y nanahang maraming mga araw sa Joppe, na kasama *ng nagngangalang si* Simong mangluluto ng balat.**

**9:36 "Joppe"** Ngayon, ang bayang ito ay kilala bilang Jaffa (*Yafo*). Ito ay ang sinaunang daungan para sa Herusalem. Ngayon, ito ay bahagi ng ang makabagong lungsod ng Tel Aviv-*Yafo*.

▣ **"alagad"** Ang terminong "alagad" ay ginamit nang maykadalasang sa bahaging ito ng Mga Gawa. Ito sa literal ay nangangahulugang "mag-aaral," ngunit ay ginamit kaunawaan ng mananampalataya.

▣ **"Tabita. . .Dorcas"** Ang Aramaikong pangalan ng babaeng ito ay *Tabita*; ang kanyang Griyegong pangalan ay *Dorcas*. Karamihan ng mga Hudyo na may pang-lipunan o pangkalakalang kakilala na di-mga Hudyo ay may dalawang pangalan, isang Aramaiko at isang Griyegong. Kapwa ang mga pangalang ito ay nangangahulugang "gasel," isang simbolo ng biyaya at kagandahan (cf. Awit ni Solomon 2:9, 17; 4:5; 7:3).

▣ **"puspos ng mabubuting gawa at ng pagkaawang gawa"** Ito ay tumutukoy sa Hudyong pagbibigay-limos. Ito ay isang Hudyong konsepto ng lingguhang pagbibigay na umunlad sa Sinagoga para sa pagkalinga ng mga Hudyong nangangailangan sa komunidad. Ito ay ipinagpapalagay na may espiritwal na kahalagahan sa mga Hudyo sa kapanahunan ni Hesus. Ang iglesiya ay sumunod sa ganitong huwaran (cf. Mga Gawa 6). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:2.

▣ **"na kaniyang ginagawa"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Ito ay nagpapahayag ng kinaugaliang pagkilos sa nakalipas na panahon.

**9:37 "nang siya'y mahugasan na nila, ay kanilang ibinurol siya sa isang silid sa itaas"** Ang paghuhugas ng katawan ay karaniwan para sa pang-Hudyong paghahanda para sa paglilibing. Sa Herusalem, ag isang katawan ay kailangang ilibing sa katulad na araw ng pagkamatay, ngunit sa labas ng Herusalem, ang paglilibing ay maaaring ipagpaliban ng tatlong araw. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:6.

**9:38 "nangagsugo sa kaniya ng dalawa katao"** Ag mga mananampalatayang ito ay narinig ang mga dakilang himala na naisagawa ng Diyos sa pamamagitan ng Pedro at sila ay naniwala na siya ay maaaring gumawa para sa dakila Hudyong Kristyanong babae.

**9:39 "at siya'y niligid ng lahat ng mga babaing bao"** Tila sila ay nakasuot ng mga damit na ginawa ni Dorcas na may dalawang magkaibang uri: (1) ang mga panloob na kasuootan at (2) ang mga panlabas na balabal.

**9:40 "Datapuwa't pinalabas silang lahat ni Pedro"** Ito sa literal ay "itinapon palabas." Ito ang ganap na ginawa ni Hesus sa Marcos 5:40. Sa katotohanan, may malaking mga pagkakatulad sa pagitan ng mga himala na isinakatuparan sa bahaging ito at ang mga himala na isinakatuparan sa panahon ni Hesus. Ang ministeryo ni Hesus ay ang tanging taglay na huwaran ng mga Apostol.

Ang katanungan ay, "Bakit ninais ni Pedro na silang lahat na lumisan sa silid?" Ginawa ito ni Hesus dahil hindi Niya ninais na siya ay makilala bilang isang manggagamot lamang at ang ebanghelyo ay hindi pa lubos. Ngunit bakit ginawa ito ni Pedro? Tila ang mga himalang ito ay nagbukas ng pintuan ng pananampalataya, na ito ay tila kanyang ninanis na gaya nang maaaring may ganitong pananaw.

▣ **"lumuhod"** Ang kadalasang kalalagayan para sa Hudyong panalangin ay pagtayo na ang mga bisig at mga mata na nakatingala sa langit. Subalit, sa Aklat ng Mga Gawa, ito ay naitala nang maraming beses na mga alagad ay lumuhod upang manalangin. Ito ay tila sa pagbibigay-diin (cf. 7:60; 20:36; 21:5), na kasama ito ni Hesus sa Hardin ng Getsemani (cf. Lucas 22:41).

▣ **"'Tabita, magbangon ka'"** Tila siya ay nagwika ng Aramaiko. Si Hesus at ang mga Hudyo sa Palestina ng unang siglo ay nagsasalitang lahat ngAramaiko, hindi Hebreo. Ito ay totoo kahit na panahon ng Ezra-Nehemiah (cf. Nehemiah 8:4-8).

**9:41 "mga banal"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga banal sa 9:13.

**9:42 "at marami ang mga nagsisampalataya sa Panginoon"** Ito ay isa pang buod na pahayag na nagpapakita ng malaking ibinubunga ng mga himala ni Pedro at ministeryo ng pangangaral. Tingnan ang Natatanging mga Paksa at 2:40 at 3:16.

**9:43 "siya'y nanahang maraming mga araw sa Joppe, na kasama *ng nagngangalang si* Simong mangluluto ng balat"** Ang pang-Hudyong legalismo ni Pablo ay unti-unti nang nasisira na para sa kanya na makasama ang isang nangungulti na sa seremonya ay hindi malinis (may kaugnayan sa mga balat ng patay na hayop) tulad ni Simon.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit naitala nang tatlong beses ang pagkakaligtas ni Pablo sa Mga Gawa?
2. Bakit ang tatlong tala ng pagkakaligtas ni Pablo ay may bahagyang pagkakaiba?
3. Gaano karaming pagpili ang taglay ni Pablo sa kanyang pagkakaligtas? Ang kanya bang karanasan ay maituturing na karaniwan?
4. Bakit ang mga Griyegong Hudyo ay tinangkang patayin si Pablo?
5. Kung gumamit si Pedro at Pablo ng mga himala upang buksan ang pinto para sa ebanghelyo, bakit hindi gumagamit nang mas higit nito ang Diyos sa kasalukuyan?

# MGA GAWA 10

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pedro at Cornelio | Si Cornelio ay nagpadala ng Kinatawan | Ang Kaligtasan ni Cornelio | Pedro at Cornelio | Si Pedro ay Dumalawa sa Romanong Senturion |
| 10:1-8 | 10:1-8 | 10:1-8 | 10:1-3 | 10:1-2 |
| | | | | 10:3-8 |
| | | | 10:4a | |
| | Pananaw ni Pedro | | 10:4b-8 | |
| 10:9-16 | 10:9-16 | 10:9-16 | 10:9-13 | 10:9-16 |
| | | | 10:14 | |
| | Pagpapatawag sa Cesarea | | 10:15-16 | |
| 10:17-23a | 10:17-23 | 10:17-23a | 10:17-18 | 10:17-23a |
| | | | 10:19-21 | |
| | | | 10:22-23a | |
| 10:23b-33 | Pagkikita ni Pedro't Cornelio | 10:23b-29 | 10:23b-29 | 10:23b-33 |
| | 10:24-33 | | | |
| | | 10:30-33 | 10:30-33 | |
| Ang Pangangaral ni Pedro sa Tahanan ni Cornelio | Ang Pangangaral ni Pedro sa Tahanan ni Cornelio | | Ang Paglalahad ni Pedro | Ang Pangangaral ni Pedro sa Tahanan ni Cornelio |
| 10:34-43 | 10:34-43 | 10:34-43 | 10:34-43 | 10:34-35 |
| | | | | 10:36-43 |
| Tinanggap ng Hentil ang Banal naEspiritu | Ang Banal na Espiritu ay sumasa mga Hentil | | Ang mga Hentil ay tinanggap ang Banal na Espiritu | Bautismo ng Unang mga Hentil |
| 10:44-48 | 10:44-48 | 10:44-48 | 10:44-48 | 10:44-48 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

A. Ang ebanghelyo ay lumalabas sa mga pang-Hudyong pinagmulan nito.
   1. Cornelio – isang Romanong militar na may takot sa Diyos
   2. ang Etiopeng Bati – isang Hentil na may takot sa Diyos

B. Ang gawa ng mga Hudyong nagsasalita ng Griyego (ang pito ng Mga Gawa 6) ay may impluwensiya.

C. Ang pag-ulit nang karanasan sa Pentecostes ay nagpapakita pagtanggap ng Diyos sa lahat ng tao.
   1. mga Samaritano (kabanata 8)
   2. mga Romano (kabanata 10)
   3. Etiope (kabanata 8)

D. Ang teolohikong yugto ay itinatakda para sa Konseho ng Herusalem sa kabanata 15. Isang kanlungan ng pagkakaroon ng pandaigdigang ebanghelyo ay maaari nang maabot!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:1-8

**[1]At *may isang* lalake nga sa Cesarea, na nagngangalang Cornelio, senturion ng pulutong na tinatawag na pulutong**
**Italiano. [2]Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Diyos siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng**
**marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Diyos. [3]Nakita niyang maliwanag, sa isang pangitain, nang may oras na**
**ikasiyam ng araw, na pumapasok na patungo sa kaniya ang isang anghel ng Diyos, at nagsasabi sa kaniya, Cornelio. [4]At**
**siya, sa pagtitig niya sa kaniya, at sa pagkatakot niya, ay nagsabi, Ano ito, Panginoon? At sinabi niya sa kaniya, Ang mga**
**panalangin mo at ang iyong mga paglilimos ay nangapailanglang na isang alaala sa harapan ng Diyos. [5]At ngayo'y**
**magsugo ka ng mga tao sa Joppe, at ipagsama mo yaong Simon, na may pamagat na Pedro; [6]Siya'y nanunuluyan sa isa na**
**Simong mangluluto ng balat, na ang kaniyang bahay ay nasa tabi ng dagat. [7]At nang umalis ang anghel na sa kaniya'y**
**nagsalita, ay tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga alila, at ng isang kawal na masipag sa kabanalan sa mga**
**nagsisipaglingkod sa kaniyang parati; [8]At nang maisaysay na sa kanila ang lahat ng mga bagay, sila'y sinugo niya sa**
**Joppe.**

**10:1 "*may isang* lalake nga sa Cesarea"** Ang pagbabagong-loob ni Cornelio ay isang pangunahing pangyayari. Subalit, ito ay kailangang matandaan na siya ay hindi ang unang panlipunang hadlang na dinaig ng ebanghelyo.
1. Ang una ay ang mga Samaritano
2. pagkatapos mayroong Etiopeng Bati na isang maaaring may takot sa Diyos
3. pagkatapos si Cornelio, na hindi lamang isang Hentil na, ngunit isang Romanong panghukbong pinuno who ay bahagi ng pag-militar na pananako sa Lupang Pangako

Ang pagbibigay-diin sa pahayag na ito ay hindi lubhang malaki sa pagbabagong-loob ni Cornelio dahil siya na ay isang may takot sa Diyos, tulad ng ang Etiopeng Bati, ngunit ang malaking bilang ng mga kamag-anak at mga kaibigan, na nabanggit sa vv. 1,24,27,44,48, na hindi pa ligtas. Ang tinutukoy ni Pedro sa talang ito sa Konseho ng Herusalem sa Mga Gawa 15:7-9 at nagtatakda ng yugto para sa Hentil na misyon ng Iglesiya.

▣ **"Cornelio"** Tala sa ibaba 1 ng F. F. Bruce's *Commentary on the Aklat of the Acts*, p. 214, ay mayroong "Cornelio na isang lalong karaniwan pangalan sa Roma buhat noong si Publius Cornelio Sulla ng 82 B.C. ay napalaya ang 10,000 mga alipin na kabilang sa *gens Cornelia*, kung saan siya kasama." Isang *gens* ay isang angkan o pangkat ng mga pamilya na nagtataglay ng isang karaniwan pangalan at isang paniniwala sa isang karaniwan ninuno o bayani (katulad dito).

▣ **"senturion"** Ang mga senturion ay nabanggit nang maraming beses sa NT at palaging nasa isang mabuting liwanag (cf. Mateo 8:5; Lucas 7:2; 23:47; Mga Gawa 10:1; 22:5; 27:3; etc). Sa kasanayan, sila ay mga pinuno ng isang daang tao; gayunman, sila ay mga pinunong hindi kinumisyon, katulad ng ating mga sarhento mayor.

▣ **"tinatawag na pulutong Italiano"** Kadalasan ang isang Romanong pangkat ay binubuo ng 600 na tao. Ang partikular na isang ito ay binubuo ng isang libong Romanong mga boluntaryo na nakahimpil sa Siria. Nalalam natin mula sa pagkasaysayang katibayan na sila ay tinawag na isang pantulong na pangkat. Maaaring sila ay mga mamamana. Ang Romanong mga kawal ay kailangang mahimpil sa Palestina dahil sa pagiging mapaghimagsik ng mga Hudyo.

**10:2 "Isang taong masipag sa kabanalan"** Mayroong pinag-tatalong paglalarawan ng ng debosyon ng taong ito:
1. siya gumagalang sa Diyos (tingnan ang tala sa v. 22) kasama ang kanyang sambahayan
2. siya ay palaging liberal sa kanyang maraming kawang-gawa sa mga tao
3. siya ay may kinagawiang manalangin sa Diyos (cf. v. 22; 13:16,26).

Ang taong ito ay pang-relihiyon, pang-damdamin, at panlipunang ugnayan sa sinagoga, kahit na siya ay hindi pa lubusang nagbabagong-loob. Upang maging isang ganap ang pagbabagong-loob, ang isa ay kailangang
1. magpatuli kung isang lalaki
2. magpa-bautismo mismo sa harapan ng mga saksi
3. kung maaaring, maghandog ng isang alay sa Templo.

Ang mga pangangailangang ito ay humahadlang sa maraming nagnanaisa na mga Hentil na maging lubusang mga nagbagong-loob.

▣ **"ang buong sangbahayan"** Ito ay ang unang pagkabanggit ng isang pamilya bilang isang pang-relihiyong yunit na kadalasang makikita sa Aklat ng Mga Gawa (cf. Mga Gawa 10:2; 11:14; 16:15, 31; 18:8). Ito ay nagpapakita ng pangkulturang konteksto na ang pananampalataya ng ama ay palaging ang pananampalataya ng sambahayan at kahit na ng pinalawig na pamilya kung saan kasama ang mga tagapag-lingkod.

▣ **"naglimos ng marami"** Ito ay tumutukoy sa pagbibigay-limos. Sa mga Hudyo, ito ay magpapakita na si Cornelio ay isang masigasig na bahagi ng lokal na sinagoga at tila isang may takot sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagbibigay-limos sa 3:2.

▣ **"laging nananalangin sa Diyos"** Mayroong tatlong PANGKASALUKUYANG MGA PANDIWARI dito, na nangangahulugan ng nagpapatuloy na pagkilos na nagpapakita kabanalan ni Cornelio.
1. may pagkatakot, PANGKASALUKUYANG PANGGITNA (deponent)
2. pagbibigay-limos, PANGKASALUKUYANG TAHAS
3. nananalangin, PANGKASALUKUYANG PANGGITNA (deponent)

Ang debosyon ng taong ito ay pang-araw-araw at personal. Siya ay gumagawa ng dalawang bagay na lubusang pinaparangalan ng rabinikal na Judaismo—pagbibigay-limos at panalangin.

**10:3 "nang may oras na ikasiyam"** Ito ay tumutukoy sa ang panahon ng panggabing pag-aalay (i.e., 3 p.m., cf. Exodo 29:39, 41; Mga Bilang 28:3-31; I Mga Hari 18:29-36; Mga Awit 55:17; 141:2; Daniel 6:10; Josephus *Antiq.* 11.4.1; *Wars* 1.1.1). Ito ay isang tradisyonal na panahon para sa panalangin.

▣

**NASB, NRSV,**
**TEV "Nakitang maliwanag"**
**NKJV "nasaksihang maliwang"**
**NJB, NIV "nakitang may kaibahan"**

Sa mga Ebanghelyo ang PANG-ABAY NA *phanerōs* ay nangangahulugang buksan o hayagang gumawa ng isang pagpapakita (cf. Marcos 1:45; Juan 7:10). Ang pangitaing ito ay dumating sa mga oras ng maliwanag na araw at lubhang tiyak at natatangi.

▣ **"sa isang pangitain isang anghel ng Diyos"** Sa ilang mga paraan ang pagbabagong-loob na ito ay tulad ng kay Saulo. Ang taong ito ay isang matapat sa relihiyon. Ang Diyos ay nagpapadala ng isang higit sa karaniwang kinatawan upang patnubayan siya sa pananampalataya. Sino ang maaaring magsabi ng "Hindi"? Ang mga pagbabalik-loob na ito ay isang tanda ng pagpili ng Diyos, hindi malayang pagpili ng tao. Ang mga taong ito ay tumutugon sa napakalaking katibayan at karanasan ng katotohanan ng ebanghelyo.

**10:4** Ang mensahe ng anghel ay naglalaman ng dalawang terminong pag-aalay: "umakyat" at "pag-ala-ala sa Diyos." Tila ang Diyos ay tinanggap ang pagsamba ng taong ito (i.e., mga panalangin at pagbibigay-limos) kahit na bago niya narinig ang ebanghelyo.

▣ **"sa pagtitig niya sa kaniya"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"'Ano ito, Panginoon'"** Ito ay napakahirap na malaman kung paano isinalin ang terminon ito na Panginoon. Ito ay maaaring mangahulugang (1) "mama" o "ginoo" o (2) "Panginoon" sa isang teolohikong kaunawaan ng panginoon/amo/makapangyarihan. Ang iba pang mabuting talata sa NT na nagpapakita kalabuan ay Juan 4:1,11,15,19,49**.**

Sa Mga Gawa mayroon ding isang karagdagang posibilidad. Ang pagtataguri ni Cornelio sa anghel bilang Panginoon (cf. Pahayag 7:14) at inihahayag ni Pedro ang "ang tinig" (cf. 10:13,15) bilang Panginoon (cf. 10:14). Samakatuwid, ang termino ay maaaring tumutukoy sa kahit-anong higit sa karaniwan, personal na pagpapahayag, na may sangunian may katiyakan kay Hesus.

Sa 8:26 at 29 isang anghel ng ang Panginoon ay kinikilala kasama ng Espiritu. Ang katulad na pagdaloy at pagsasalin ay nangyayari sa pagitan ng "ang tinig" at ng Espiritu sa 10:13,14,15 at 19,20.

**10:5 "ngayo'y magsugo ka ng mga tao sa Joppe"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Pansinin na ang anghel hindi ibinahagi ang ebanghelyo, ngunit ipinadala para sa Pedro. Ang Diyos ay gumagamit ng mga taon kasangkapan (cf. Exodo 3:7-10). Ang taong ito, bagaman isang matapat, marangal na relihiyoso (tulad ng Saulo), ay nangangailangang makarinig at tumugon sa ebanghelyo ni Hesukristo.

**10:7 "tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga alila, at ng isang kawal na masipag sa kabanalan"** Ito ay bubuo ng isang pangkat ng tatlo; gayunman, sa talata 19 lamang dalawa sa kanila ay nabanggit. Maaaring ang sundalo ay isang bantay at ang dalawang lingkod sa sambahayan ang nagsalita.

**10:8** Isinasama ni Cornelio ang kanyang pamilya at mga kaibigan sa kanyang pananampalataya. Isinasabuhay nang taong ito ang kanyang pinaniniwalaan. Ang isang buong komunidad ay maaaring lumapit sa pananampalataya kay Kristo sa pamamagitan niya.

Ang tatlong taong ito ay lumakad ng gabi, nagtataka at nagtalakay ng mensahe ng anghel at pananapalataya ng kanilang kaibigan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:9-16

**9Nang kinabukasan nga samantalang sila'y patuloy sa kanilang paglalakad, at nang malapit na sa bayan, si Pedro ay umakyat sa ibabaw ng bahay upang manalangin, nang may oras na ikaanim; 10At siya'y nagutom at nagnais kumain: datapuwa't samantalang nangaghahanda sila, ay nawalan siya ng diwa; 11At nakita niyang bukas ang langit, at may isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok na bumababa sa lupa: 12Na doo'y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga ibon sa langit. 13At dumating sa kaniya ang isang tinig, Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 14Datapuwa't sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal. 15At muling dumating sa kaniya ang tinig sa ikalawa, Ang nilinis ng Diyos, ay huwag mong ipalagay na marumi. 16At ito'y nangyaring makaitlo: at pagdaka'y binatak sa langit ang sisidlan.**

**10:9 "upang manalangin, nang may oras na ikaanim"** Bagaman ang rabinikal na Judaismo ay nagtatakda na maliban sa 9:00 a.m. at 3:00 p.m. na manalangin (ang panahon ng pang-araw-araw na mga pag-aalay sa Templo), ang mga Fariseo ay dinagdag ang tanghali bilang isa pang nararapat na panahon. Tila si Pedro ay kumikilos sa mga tradisyon ng ang mga matatanda sa pananalangin sa tanghali o maaaring siya ay umiidlip bago magtanghalian.

**10:10 "siya'y nagutom"** Ang tagpo ng pangitain ni Pedro ay sa konteksto ng kanyang pagkagutom at kanyang pagtana sa Karagatang Mediterraneano mula sa bubungan ni Simon.

Ang salitang para sa "pagkagutom" ay ginamit lamang sa lahat ng kilalang Griyegong panitikan. Ang tiyak na kahulugan nito ay napakahirap na maunawaan, ngunit kasama ang PANG-UKOL *pros* na dinagdag, ito ay maaaring mangahulugan "sukdulang pagkagutom," ngunit ito ay nakakataka sa kontekstong ito. Ang *hapax legomenon* na ito (mga salitang ginamit na minsan lamang sa NT) ay mananatiling di-tiyak hanggang mas maraming leksikong kaalaman ang matuklasan. Ito ay mananatiling di-tiyak na kunng bakit pinili ni Lucas ang paggamit ng ganitong di-karaniwang termino, ngunit ang pangkalahatang kaunawaan ng konteksto ay maliwanag.

▣ **"nawalan siya ng diwa"** Ito sa literal ay "naawala sa sarili" o "katabi ng sarili," kadalasang ginamit sa pagkamangha (cf. Marcos 5:42; 16:8; Lucas 5:26; at maraming mga teksto sa LXX). Nakuha nating terminong Ingles na "*ecstasy*" mula sa Griyegong salitang ito. Sa talatang ito at 11:5 at 22:17, ito ay nangangahulugang isang bahangyang gising na kalagayan ng pag-iisip na nagpapahintulot na magsalita ang Diyos sa speak sa mababang kamalayan (subconscious). Ito ay iba't-ibang salitang mula sa ginamit na isa sa talata 3 upang ilarawan ang pangitain ni Cornelio.

**10:11**
**NASB "bumukas ang langit"**
**NKJV, TEV "nabuksan ang langit"**
**NRSV "nabuksan ang kalangitan"**
**NJB "binuksan ang langit"**

Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA KATAGA, sa literal "ang mga kalangitan ay nanatili at nagpatuloy na maging bukas." Sa OT ang kalangitan ay MANGMARAMIHAN. Ang puwang na ito ng himpapawid ay isang wikain para sa espiritwal, di-nakikitang dimensyon na papasok sa pisikal na katotohanan (cf. Ezekiel 1:1; Mateo 3:16; Marcos 1:10; Lucas 3:21; Juan 1:51; Mga Gawa 7:56; 10:11; Pahayag 4:1; 19:11).

▣ **“gaya ng isang malapad na kumot”** Ito ay ang katulad na terminong ginamit para sa layag ng mga barko.

**10:12 “ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga ibon sa langit”** Ito ay ang katulad na tatlong-bahagdan na bahagi ng mga hayop na matatagpuan sa Genesis 1 at 6:20. Tila sila ay binubuo ng malinis at di-malinis na mga hayop sang-ayon sa ang mga batas ng hudyo sa pagkain sa Levitico 11.

**10:13 “dumating sa kaniya ang isang tinig”** Mula sa ang panahon ng pagsasara ng Malakias hanggang sa pagdating ng yugto ng NT, ay walang makapangyarihang propesiyang tinig ang mula sa Diyos para sa mga Hudyo. Sa panahon ng yugtong ito noong ang mga Hudyo ay tinitiyak ang anumang bagay na nahayag mula sa Diyos, sila ay nakabatay sa isang bagay na kilala bilang isang *bath kol*. Makikita natin ito sa NT sa Mateo 3:17; 17:5, gayundin sa Mga Gawa 9:7, at dito.

**10:14 “Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal”** “Hindi maaari” ay isang malakas na Griyegong parirala na ginamit nang maraming beses sa Septuagint upang isalin ang maraming Hebreong mga wikain. Si Pedro ay patuloy na nakikihamok sa kanyang Hudyong paniniwala. Binabatay niya ang kanyang mga pagkilos sa Levitico 11. Subalit, si Hesus ay tila may tiyakang pakikitungo sa isyung ito sa Marcos 7:14ff, lalo na talata 19. Ito ay nakakawili na tandaan na ang Ebanghelyo ni Marcos ay tila ang nahuling mga paggugunita o mga pangangaral ni Apostol Pedro sa Roma.

**10:15 “Ang nilinis ng Diyos, ay huwag mong ipalagay na marumi”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang ay nagpapahiwatig na ihinto ang isang pagkilos nagpapatuloy. Maliwanag na ipinahayag ng Diyos ng paghinto ng mga kautusan ni Moises sa pagkain (i.e., Levitico 11). Sila ay hindi na nararapat para sa bagong kasunduang mga mananampalataya. Dito sila ay ginamit sa isang paghahambing na paraan upang ipakita ang pagtanggap sa lahat ng mga tao!

**10:16 “ito'y nangyaring makaitlo”** Ito ay hindi di-karaniwan sa Bibliya para sa mahalagang mga panalangin, mga papuri, o mga pagkilos na paulit-ulit nang tatlong beses.

1. Ang panalangin ni Hesus sa Hardin ng Getsemani (cf. Marcos 14:36,39)
2. Ang pagtalakay ni Hesus kasama si Pedro pagkatapos ng ang muling pagkabuhay (cf. Juan 21:17)
3. Ang panalangin ni Pablo sa “tinik sa laman” (cf. II Corinto 12:8)

Ito ay isang Semitikong paraan ng pagbibigay-diin (cf. Isaias 6:3; Jeremias 7:4). Sa pagkakataong ito, ito ay tiyakang na nagpapakita ng pag-aatubili ni Pedro na sundin ang makalangit na tinig!

Si A. T. Robertson, *Word Pictures To the New Testament* ay mayroong isang matalim na salita sa puntong ito.

> “Dito ay isang kapansin-pansing paglalarawan ng katigasan ng ulo sa ang bahagi ng isa na kinikilala ang tinig ng Diyos sa kanya kapag ang utos ng Panginoon ay sumasalansang sa mga pagtatangi at mga pagkiling ng isa. Mayroong masagadang mga halimbawa ngayon na tiyakan sa bagay na ito. Sa isang tunay na pagkaunawa, si Pedro ay nagpapanatili ng isang tindig ng kabanala na lampas sa kalooban ng Panginoon” (p. 137).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:17-23a

**17Samantalang natitilihang totoo si Pedro sa kaniyang sarili, kung ano ang kahulugan ng pangitaing kaniyang nakita, narito, ang mga taong sinugo ni Cornelio, nang maipagtanong ang bahay ni Simon, ay nangagsitayo sa harapan ng pintuan. 18At nangagsitawag at nangagtanong kung si Simon, na pinamagatang Pedro, ay nanunuluyan doon. 19At samantalang iniisip ni Pedro ang tungkol sa pangitain, ay sinabi sa kaniya ng Espiritu, Narito, hinahanap ka ng tatlong tao. 20Datapuwa't magtindig ka, at manaog ka, at sumama ka sa kanila, na huwag kang magalinlangan ng anoman: sapagka't sila'y aking sinugo. 21At pinanaog ni Pedro ang mga tao, at sinabi, Narito, ako ang hinahanap ninyo: ano baga ang dahil ng inyong ipinarito? 22At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Diyos, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Hudyo, ay pinagpaunawaan ng Diyos sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita. 23aKaya't sila'y pinapasok at pinatuloy sila.**

**10:17 “natitilihang totoo si Pedro”** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG, na dito ay nangangahulugang simula ng isang pagkilos sa nakalipas na panahon.

Ang termino ay ginamit nang maraming beses ni Lucas upang ipakita ang pagkagitla ng isip (cf. Lucas 9:7; Mga Gawa 2:12; 5:24; 10:17). Hindi agad naunawaan ni Pedro ang layunin ng pangitain.

▣ **“ang pangitain”** Ang salitang na ginamit dito upang ilarawan ang karanasan ni Pedro, *horama*, ay ang katulad nang ginamit sa pangitain ni Cornelio sa v. 3 (cf. v. 19).

**10:19 “sinabi sa kaniya ng Espiritu”** Ang tiyak na ugnayan sa pagitan ng “ang Espiritu” (v. 19) na nagsasalita at “ang anghel” (vv.

3,22) na nagsasalita sa lahat ng dako ng kontekstong ito ay di-tiyak (cf. v. 20, “Ako mismo ang nagpadala sa kanila”). Tila ang anghel ay nagsila sa ngalan ng Banal na Espiritu o ang dalawa ay nakilala tulad ng isang pagpapakita sa OT (cf. Exodo3:2,4; Mga Gawa 8:26,29).

**10:20** Ang talatang ito ay lubhang mariin.

1. tumindig, KATAGA na ginamit bilang isang PAUTOS
2. pumunta ka sa ibaba o manaog, AORIST NA TAHAS PAUTOS
3. sumama ka sa kanila, PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS
4. huwag mag-alinlangan, KATAGA na ginamit bilang isang PAUTOS
5. Sila’y Aking sinugo, *ego* na may GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG

Walang pamimilian si Pedro ngunit ang humayo! Ito ay isang maka-Diyos na pagkahirang. Ang Espiritu ay may pananagutan para sa pangitain ni Cornelio, ang pagpapadala ni Cornelio ng mga tao, ang pangitain ni Pedro, at ngayon ang pagtugon ni Pedro sa kanilang kahilingan.

**10:22** Matapat nilang naugnay kung ano ang nangyari.

▣
**NASB** **“matuwid”**
**NKJV** **“taong matuwid”**
**NRSV, NJB** **“nang matuwid”**
**TEV** **“isang mabuting tao”**

Ang terminong ito ay kailangang gamitin sa kaunawaan sa OT ng “walang bahid.” Hindi ito tumutukoy sa kawalang kasalanan (cf. Genesis 6:1; Job 1:1; Lucas 1:6; 2:25) o sa ang ibinilang na katuwiran ng Kristo (cf. Roma. 4). Ang taong ito ay ipinamuhay ang lahat ng kaniyang nauunawaan patungkol sa kalooban ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 3:14.

▣
**NASB, NRSV,**
**NJB** **“matatakutin sa Diyos”**
**NKJV** **“isang may takot sa Diyos”**
**TEV** **“na sumasamba sa Diyos”**

Ang pariralang ito (o isa tulad ng ito) ay madalas na ginagamit upang ilarawan si Cornelio (cf. 10:2,22,35). Sa Mga Gawa 13:16,26,43,50 ito ay ginamit para sa kanilang hindi kalahi ng mga Hudyo at hindi lubusang nagbagong-loob, ngunit silang palagiang dumadalo sa mga sinagoga. Sila ay tinawag na “mga may takot sa Diyos” (cf. 16:14; 17:4,17; 18:7).

**10:23 “Kaya't sila'y pinapasok at pinatuloy sila”** Ito ay isa pang halimbawa ng nagpapatuloy na paghiwalay ni Pedero mula sa kanyang Hudyong legalismo. Ito ay tiyak na ang sumamang sundalo ay isang Romano at ngunit si Pedro ay inanyayahan siya para sa hapunan at pakikipagsalamuha. Pansinin kung paanong sa v. 48, si Pedro ay mananatili sa isang Romanong bahay para sa ilang mga araw.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:23b-29

**[23b]At nang kinabukasa'y nagbangon siya at umalis na kasama nila, at siya'y sinamahan ng ilang kapatid na mula sa Joppe. [24]At nang kinabukasa'y nagsipasok sila sa Cesarea. At sila'y hinihintay ni Cornelio, na tinipon nito ang kaniyang kamaganakan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal. [25]At nangyari, na pagpasok ni Pedro, ay sinalubong siya ni Cornelio, at nagpatirapa sa kaniyang paanan, at siya'y sinamba. [26]Datapuwa't itinindig siya ni Pedro, na sinasabi, Magtindig ka; ako man ay tao rin. [27]At sa pakikipagsalitaan niya sa kaniya, ay pumasok siya, at kaniyang naratnan ang maraming nangagkakatipon: [28]At sinabi niya sa kanila, Nalalaman ninyo na hindi matuwid sa isang taong Hudyo na makisama lumapit sa isang taga ibang bansa; at gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Diyos, na sinomang tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal: [29]Dahil din dito'y naparito akong hindi tumutol ng anoman, nang ako'y ipasundo. Itinatanong ko nga kung sa anong kadahilanan ipinasundo ninyo ako.**

**10:24 “siya'y sinamahan ng ilang kapatid na mula sa Joppe”** Ang kabanata 11:12 ay nagsasabing sila ay anim. Nalalaman ni Pedro ang pangyayaring ito ay magdudulot ng mga suliranin sa ilang Hudyong mga tagasunod ng Hesus. Samakatuwid, siya kumuha ng maraming mga saksi na kasama niya (cf. 11:12).

▣ **“Cesarea”** Ang Cesarea ay ang magandang lungsod na malapit sa dagat. Ito ay pinangalan bilang parangal kay Romanong Cesar. Ito ay ang Palestinong himpilan para sa mga pwersang sumakop. Ang mga Romano ay ginawa itong isang maliit na daungan.

▣ **"tinipon nito ang kaniyang kamaganakan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal"** Si Cornelio, na inaasahan ang isang tagapagsalita mula sa Diyos, ay inawag ang lahat kanyang malapit na pamilya, mga kaibigan, mga alipin, at maaaring ibang mga sundalo. Sila lahat ay maaaring naghihintay na nang maraming oras. Anong isang espiritu ng pag-asa at inaasam ang natupad sa bahay na ito! Ang lahat ng ito ay tinatalakay ang pangitain at mensahe nito.

Ito ay kung ano ang kinagulat ng mga pinuno ng ang Hudyong bahagi ng iglesiya, na ang isang malaking bilang ng mga Hentil, maraming sa kanila ay hindi mga natatakot sa Diyos, ay isinama sa panananahan ng Espiritu at bautismo (cf. v. 27).

**10:25,27 "At nangyari, na pagpasok ni Pedro. . . pumasok siya"** Mayroong isang tila pagkakaiba sa Griyegong teksto dito. Subalit, ang unang "pagpasok" na nabanggit sa v. 25 ay maaaring ang pintuan ng lungsod sa patyo ng bahay, at ang pangalawang "pagpasok" sa v. 27 ay maaaring ang bahay ni Cornelio. Kung anuman ang kalagayan, muli, si Pedro ay lumalabang sa pang-Hudyong seremonyang ritwalismo sa pagpasok sa isang Hentil na tahanan.

**10:25 "nagpatirapa sa kaniyang paanan, at siya'y sinamba"** Ito ay ang pangkaraniwang wikain sa Septuagint at ang mga Ebanghelyo para sa pagsamba. Ngunit, sa kontekstong ito, "magbigay ng paggalang" ay mas mabuting pagkaunawa sa kaisipan (cf. NJB). Ang isang anghel ay naghanda ng pagdating ni Pedro; tiyak na magbibigay parangal at paggalang si Cornelio sa mensaherong ito (cf. Pahayag 19:10; 22:8-9).

**10:28 "Nalalaman ninyo na hindi matuwid sa isang taong Hudyo na makisama lumapit"** Si Pedro ay sinisipi ang kanyang rabinikal na pagsasanay o sinagogang paaralan; gayunman, ito ay hindi matatagpuan sa ang OT, ngunit karaniwan sa rabinikal na pagbibigay kahulugan.

▣ **"taga ibang bansa"** Ang terminong ito ay isa pang di-pangkaraniwang teksto na matatagpuan lamang dito sa NT. Si Lucas ay mayroong piniling maraming lubhang di-karaniwang mga salitang sa kabanatang ito.

1. *eusebēs*, vv. 2,7, matapat (cf. II Pedro 2:9)
2. *prospeinos*, v. 10, gutom
3. *dienthumeomai*, v. 19, iniisip
4. *sunomileō*, v. 27, nakipag-usap
5. *athemiton*, v. 28, labag sa batas
6. *allophulō*, v. 28, dayunan
7. *anantirrētos*, v. 29, walang itinataas na kahit-anong di-pagsang-ayon (cf. Mga Gawa 19:36)
8. *prosōpolēmpēs*, v. 34, nagtatangi ng tao (katulad sa Roma. 2:11; Efeso 6:9; Santiago 2:19)
9. *katadunasteuō*, v. 38, mapaniil (cf. Santiago 2:6)
10. *procheirotoneō*, v. 41, pinili sa nakalipas

Ito ay di-tiyak kung si Lucas ay sumipi ng ilang sa mga sinaunang pangangaral at mga pangyayaring ito sa Mga Gawa mula sa ibang mga pinanggalingan o mga tala, mga pakikipanayam sa kanila na nandoon.

▣ **"gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Diyos, na sinomang tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal:"** Nakuha ni Pedro ang mensahe! Ang mga hayop sa kumot ay nagpapakita ng lahat ng tao na linikha sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27). Ang pag-ibig ng Diyos para kayCornelio at sa kanyang pamilya at mga kaibigan ay nagpakita kay Pedro ng pandaigdigang saklaw ng ebanghelyo! Ito ay magpapatibay ng saksi ni Esteban at ang pangangaral ni Felipe.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:30-33

**30At sinabi ni Cornelio, May apat nang araw, hanggang sa oras na ito, na aking ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay ko; at narito, tumindig sa harapan ko ang isang lalake na may pananamit na nagniningning, 31At sinabi, Cornelio, dininig ang dalangin mo, at ang iyong mga paglilimos ay inaalaala sa paningin ng Diyos. 32Magsugo ka nga sa Joppe, at ipatawag mo si Simon, na pinamagatang Pedro; siya'y nanunuluyan sa bahay ni Simong mangluluto ng balat, na nasa tabi ng dagat. 33Pagdaka nga'y nagsugo ako sa iyo; at mabuti ang ginawa mo't naparito ka. Ngayon nga'y kaming lahat ay nangaririto sa paningin ng Diyos, upang dinggin ang lahat ng mga bagay na sa iyo'y ipinagutos ng Panginoon.**

**10:30 "sa pananamit na nagniningning"** Ang mga anghel ay kadalasang nagpapakita sa ganitong anyo (cf. 1:10; Mateo28:3; Marcos 16:5; Juan 20:12; Lucas 24:4).

**10:31** Ito ay ang pangatlong pagkakataon sa kabanatang ito na ang kabanalan ni Cornelio ay pinatibay (cf. vv. 4,22). Si Cornelio ay hindi nagulat; ito ay ang kanyang mga kaibigan, mga alipin, at pamilya na nagtiwala din kay Kristo. Ito ay isa sa maraming mga halimbawa sa Mga Gawa ng "mga kaligtasan sa sambahayan."

Ang ilan sa atin na lumaki sa kanluraning ebandyelikong mga huwaran ng pag-eebanghelyo na nagbibigay-diin sa indibidwal

na kusang pagtugon ay nagtataka sa ganitong mga uri ng magkakasamang mga pagtugon, ngunit karamihan sa mundo ay mayroong isang pang-tribu, pang-pamilya, pang-pangkat na pag-aangkop. Ang Diyos ay may kakayahang gumawa sa pamamagitan ng maraming mga huwaran upang maabot ang mga tao na ginawa sa Kanyang larawan. Walang iisang huwaran ang pag-e-ebanghelyo!

**10:33** Ang mga taong ito ay handa nang makinig! Kanilang napagtanto na sila ay nasa gitna ng isang maka-Diyos na tagpo na may isang mensahero na ipinadala ang Diyos.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:34-43

**[34]At binuka ni Pedro ang kaniyang bibig, at sinabi, Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Diyos ng mga tao: [35]Kundi sa bawa't bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa kaniya. [36]Ang salita na kaniyang ipinadala sa mga anak ni Israel, na ipinangangaral ang ebanghelyo ng kapayapaan sa pamamagitan ni Hesukristo (siya'y Panginoon ng lahat:) [37]Talastas ninyo ang salitang ito na nahayag sa buong Judea, magbuhat sa Galilea, pagkatapos ng bautismo na ipinangaral ni Juan; [38]Sa makatuwid baga'y si Hesus na taga Nazaret, kung paanong siya'y pinahiran ng Diyos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagka't sumasa kaniya ang Diyos. [39]At mga saksi kami sa lahat ng mga bagay na ginawa niya sa lupain ng mga Hudyo, at sa Herusalem; na siya nama'y kanilang pinatay, na siya'y ibinitin sa isang punong kahoy. [40]Siya'y muling binuhay ng Diyos nang ikatlong araw, at siya'y itinalagang mahayag. [41]Hindi sa buong bayan, kundi sa mga saksi na hinirang ng Diyos nang una, sa makatuwid baga'y sa amin, na nagsikain at nagsiinom na kasalo niya, pagkatapos na siya'y muling mabuhay sa mga patay. [42]At sa ami'y ipinagbilin niya na magsipangaral kami sa bayan, at saksihan na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at ng mga patay. [43]Siya ang pinatotohanan ng lahat ng mga propeta, na ang bawa't sumasampalataya sa kaniya ay magkakamit ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang pangalan.**

**10:34 "na hindi nagtatangi ang Diyos ng mga tao"** Ito ay ang simula ng pangangaral ni Pedro kay Cornelio. Ito ay isang mabuti halimbawa ng pangangaral ng sinaunang iglesiya sa mga di-Hudyo. Sa OT ang panghukumang pariralag ito na naglalarawan sa Diyos (cf. Deuteronomio 10:17; II Cronica 19:7) at ang kinakailangan ng Kanyang tao (cf. Deuteronomio 1:17; 16:19). Ito rin ay isang karaniwang paglalarawan ng Diyos sa NT (cf. Roma. 2:11; Galacia 2:6; Efeso 6:9; Colosas 3:24-25; I Pedro 1:17). Sa OT ang pariralang ito sa literal ay nangahulugang "nagtitingala ng mukha." Sa Hebreong mga hukuman ang mga nagtatanggol ay pinananatiling nakatungo ang kanilang mga ulo upang ang hukom ay hindi makilala ang person at sumakatuwid ay may kilingan.

Ang Diyos ay <u>walang</u> mga kinikilingan (mga bansa, mga lahi, o mga tao)! Kung ito ya totoo pagkatapos paano kumikilos aang predistinasyon? O paanong naging natatangi ang Israel? Mag-ingal sa makabagong mga sistema ng teolohiya!

**10:35 "Kundi sa bawa't bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa kaniya"** Ang paglalarawang ito ay hindi tumutukoy sa konseptong espiritwal na kaligtasan, ngunit ay tila isang kaisipan ng pagbibigay-limos, panalangin, at kabanalan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:2. Ang pariralang ito ay kailangang teolohikong pagtitimbang na may kautusan na tanggapin ang ebanghelyo (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma. 10:9-13).

Ang pangunahing katotohanan ay ang Diyos ay tinatanggap ang mga Hentil na hindi kinakailangang maging nagbagong-buhay na mga Hudyo. Ito ay nagtatakda ang teolohikong yugto para sa Mga Gawa 15, ang Konseho ng Herusalem.

**10:36-39** *The Jerome Biblical Commentary* (tomo II, p. 188) ay gumawa ng maraming mabuting mga pagpuna patungkol sa kanilang mga pangalan

1. sila ang bumubuo ang buod ni Pedro ng ebanghelyo (i.e., *Kerygma*)
2. sila ay may mahinang palaugnayan, na nagpapakita na si Lucas ay may wastong pagtala ng kanyang mga pinagkunan at hindi sila inimbento o binago

**10:36 "Ang salita na kaniyang ipinadala sa mga anak ni Israel"** Ito ay hindi tumutukoy sa OT, ngunit si Hesus at ang mga pangangaral ng Apostol.

▣ **"na ipinangangaral ang ebanghelyo ng kapayapaan sa pamamagitan ni Hesukristo"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 52:7. Ang terminong "kapayapaan" ay ginamit sa tatlong mga paraan sa NT:

1. kapayapaan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan (cf. Colosas 1:20)
2. ang pansariling kapayapaan ng indibidwal na mananampalataya (cf. Juan 14:27; 16:33, Filipos 4)
3. kapayapaan sa pagitan ng mga pangkat na tumugon kay Kristo (cf. Efeso 2:14-3:6; Colosas 3:16)

Ang lahat ng mga hadlang sa tao ay ibinaba kay Kristo (cf. Galacia 3:28; Colosas 3:11)!

▣ **"(siya'y Panginoon ng lahat)"** Ito ay isang pang-editoryal/pang-akdang puna. Ito ang pandaigdigang sangkap ng mensahe at

paanyaya ng ebanghelyo ng Hesukristo na lubhang radikal pa rin sa bibig ng isang *orthodox* na Hudyo (cf. Mga Gawa 2:36; Mateo 28:18; Roma. 10:12; Efeso 1:20-22; Colosas 2:10; I Pedro 3:22). Siya ay Panginoon ng lahat mga lahi at lahat mga bagay (i.e., kosmikong pagkapanginoon)!

**10:37,39 "Talastas ninyo ang salitang ito na nahayag"** Si Pedro ay gumagamit ng katulad na anyo na tulad sa kanyang pangangaral sa Pentecostes (cf. 2:22,33). Narinig nila ang patungkol kay Hesus at kung anong nangyari sa Kanya sa Herusalem.

Ang isa ay nagtataka kung paano ang mga taong ito ay nakaalam ng ganitong katotohanan. Si Pedro ba ay gumagamit hayperboliko? Ang mga ito ba ay kaugnay sa ilang mga pangyayari sa Herusalem? Ang ilan ba sa mga sambahayan mga alipin ay hudyo? Ang teksto ay lubhang maikli at hindi natin alam.

Ang ilan ay gumagamit ng pangangaral na ito upang bigyang-diin na:
1. si Lucas ang sumulat ng lahat ng mga pangangaral sa Mga Gawa (ngunit Lucas ay isang mabuti manunulat ng Koine at vv. 36-38 ay <u>hindi</u> mabuti, na katanggap-tanggap na Griyego).
2. si Lucas ay totoo sa kanyang mga pinanggalingan at sinipi sila nang tama na walang pagwawasto sa kanilang mahinang gramatika.
3. Ang pariralang ito ay para naunawaan ng mga nahuling mambabasa ng Mga Gawa (cf. *Ang Jerome Commentary*, tomo II, p. 189).

**10:37 "pagkatapos ng bautismo na ipinangaral ni Juan"** Bakit pagbabautismo kay Hesus ay mayroong palaging pananagutan para sa mga mananampalataya dahil sa ang bautismo ni Juan ay isang bautismo ng pagsisisi. Si Hesus ay hindi kailangan ng pagsisisi o kapatawaran, dahil siya ay walang kasalanan (cf. II Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 2:22; I Juan 3:5). Ang mga teoriya ay:
1. ito ay isang halimbawa para sa mga mananampalataya sa pagsunod
2. ito ay Kanyang pagkakakilanlann sa mga pangangailangan ng mananampalataya
3. ito ay Kanyang ordinasyon at pagpapatibay para sa ministeryo
4. ito ay isang simbolo ng Kanyang pagkaligtasang tungkulin
5. ito ay Kanyang pagsang-ayon sa ministeryo at mensahe ng Juan de Bautista
6. ito ay isang pang-propesiyang pagpapauna ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay (cf. Roma. 6:4; Colosas 2:12).

Ang bautismo sa pamamagitan ni Juan ay nakita bilang pasimula ng puspos ng Espiritu, pangmadlang ministeryo. Ang lahat ng tatlong Sinoptikong mga Ebanghelyo ay nagtala ng ganitong pangyayari ng pagpapasinaya. Si Marcos ay nagsisimula kanyang Ebanghelyo (ang tala ng pagiging saksi ni Pedro) sa ganitong pangyayari. Ito ay makikita ng ang sinaunang iglesiya bilang natatanging simula ng bagong panahon ng Espiritu na ito ay nag-uugnay sa pangmadlang ministeryo ng Hesus.

**10:38 "Hesus na taga Nazaret, kung paanong siya'y pinahiran ng Diyos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan"** Pansinin ang mga bagay pinaninindigan ni Pablo patungkol kay Hesus
1. Siya ay pinahiran (pinili) ng Diyos (ang pinahiran ay ang Hebreong ugat ng salitang Mesias)
2. kasama ang Banal na Espiritu (ang bagong panahon ay ang panahon ng Espiritu)
3. may kapangyarihan (mabisang ministeryo)
   a. paggawa ng mabuti
   b. pagpapagaling ng lahat pinahirapan ng diyablo (kapangyarihan ng masama at si Satanas)
4. Diyos ay ay nasa Kanya (Siya ay nagsasalita at kumikilos sa ganang kay YHWH, cf. Juan 3:2; 9:33; 10:38; 14:10-11)

Tila ito ay tumutukoy sa bautismo ni Hesus (cf. F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 171-172).

Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Lumang Testament*, ay gumawa nang nakakawili pahayag:

> "Ang pandiwang χρίειν ay ginamit ng limang beses sa N.T. Sa apat na mga talatang ito ay tumutukoy sa pagpapahid ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang ama, na nasa: Lucas 4. 18, na sinipi mula sa Isaias 61. 1; Hebreo 1. 9, sinipi mula sa Mga Awit 45. 7; Mga Gawa 4. 27, kung saan ito ay ginamit na may natatanging sangunian sa sipi mula sa pangalawang Awit, na kaagad na sinusundan nito; at Mga Gawa 10. 38, kung saan ating na natalastas na ang Diyos ang nagpahid kay Hesus kasama ang Espiritu" (p. 183).

Tingnan ang Natatanging Paksa: *Kerygma* at 2:14.

▣ **"nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo"** Tingnan ang natatanging mga Paksa sa 5:3 at 5:16.

**10:39 "na siya nama'y kanilang pinatay, na siya'y ibinitin sa isang punong kahoy"** "Sila" ay tumutukoy sa ang Hudyong pamunuan, ang karamihan ng mga tao, at ang mga Romanong awtoridad. Tingnan ang tala sa 2:23. Ang konseptong ito ng pagkabitin sa puno ay na banggit sa 5:30 at naglalarawan ng Deuteronomio 21:23 (na sa orihinal ay tinutukoy na matusok ng isang tarak pagkatapos ng kamatayan upang ihiya ang isang tao, ngunit ang mga rabbi sa panahon ni Hesus ay binibigyang-kahulugan ito bilang Romanong pagpapapako sa krus), kung saan si Hesus ay tinaglay ang sumpa ng kautusan ng OT (cf. Isaias 53) para sa atin (cf. Galacia 3:13).

**10:40 "Siya'y muling binuhay ng Diyos"** Ito ay teolohikong nakakawili na ang Isaias53:4-6,10 ay nagbibigay-diin na ito ay layunin ni YHWH at ang layunin na si Hesus ay magdudusa at mamamatay (cf. Genesis 3:15). Gumamit si YHWH ng kinatawan na

1. si Satanas
2. masamang Hudyong pamunuan
3. napapatakbong Romanong pamunuan
4. isang galit na makapal na Hudyo

Ang kasamaan ay sa ang kalooban ng Diyos! Siya ay ginagamit upang maisakatuparan ang Kanyang pangwakas na layunin para sa sangkatauhan na linikha sa Kanyang larawan/wangis. A! Anong isang teolohiyo ng kapangyarihan ng Diyos! Pinahihintulutan Niya angkamatayan, pagkatapos ay nagduduloy ng muling pagkabuhay kay Hesus at sa lahat!

Ang NT ay naninindigan na ang tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus:

1. Espiritu (Roma. 8:11)
2. Hesus (Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Ama (Mga Gawa 2:24,32; 3:15,25; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 27:31; Roma. 6:4,9)

Ito ay pagpapatunay ng katotohanan ng buhay, kamatayan, at mga katuruan ni Hesus patungkol kay Diyos. Ito ay isang pangunahing aspeto ng *Kerygma* (i.e., mga pangangaral sa Mga Gawa, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14).

▣ **"nang ikatlong araw"** Dahil sa I Corinto 15:4, ang ilang ay inuugnay ito sa Mga Awit 16:10 o Osea 6:2, ngunit mas maaaring saJonas 1:17 dahil sa Mateo 12:40.

**10:40-41 "iya'y itinalagang mahayag. Hindi sa buong bayan"** Si Hesus ay nagpakita sa maraming piling mga pangkat (cf. Juan 14:19, 24; 15:27; 16:16, 22; I Corinto 15:5-9).

**10:41 "na nagsikain at nagsiinom na kasalo niya, pagkatapos na siya'y muling mabuhay sa mga patay"** Bagaman ang katawan ng muling pagkabuhay ni Hesus ay hindi nangangailangan ng pisikal na pagpapalusog, Siya ay kumain at uminom upang ipakita sa Kanyang natatanging mga saksi na Siya ay tunay at upang ihayag ang Kanyang pakikipag-ugnayan sa kanila (cf. Lucas 24:35, 41-43; Juan 21:9-13).

**10:42 "sa ami'y ipinagbilin niya na magsipangaral kami sa bayan"** Ang PANGHALIP ay tumutukoy kay Hesus (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47-48; Juan 15:27). Ang saksing ito ay sa panimula ng Herusalem ngunit umabot sa lahat ng mundo (cf 1:8).

▣ **"Hukom ng mga buhay at ng mga patay"** Si Kristo ay ang kinatawan ng Ama sa paghuhukom (cf. Daniel 7:13-14; Juan 5:22,27; Mga Gawa 17:31; II Corinto 5:10; II Timoteo 4:1; I Pedro 4:5) bilang Siya ay ang kinatawan ng Ama sa paglalang (cf. Juan 1:3; Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Si Hesus ay hindi dumating upang maghalot, ngunit upang magligtas (cf. Juan 3:17-19).

Ang pariralang "nabubuhay at patay" ay tumutukoy sa eskatolohikong paghatol, ang Pangalawang Pagdating. Ang ilang mga mananampalataya ay mabubuhay (cf. I Thesalonica 4:13-18).

## NATATANGING PAKSA: HUKOM, KAHATULAN, AT KATARUNGAN SA ISAIAS

Ito ay isang terminong malaganap na ginagamit (BDB 1047) sa OT. Ang NIDOTTE, tomo 4, p. 214, ay ipinakilala ang pagkakagamit at kahalagahan nito.

1. Pentateuch, 13%, ang tao ang humahatol
2. mga Aklat Pangkasaysayan, 34%, ang tao ang namumuno
3. mga Karunungang Panitikan, 22%, pagkilos ng Diyos
4. mga Propeta, 31%, karamihan ay pagkilos ng Diyos

Pansinin ang sumusunod tsart.

| **Si YHWH bilang Judge** | **Ang Mesias bilang Judge** | **Panukalang Mga Hukom ng Israel** | **Aktwal na Mga Hukom ng Israel** |
|---|---|---|---|
| 2:4 | 9:7 | 1:17,21,23 | 3:2 |
| 3:14 | 11:3,4 | 26:8 | 5:7 |
| 4:4 | 16:5 | 56:1 | 10:2 |
| 5:16 | 32:1 | 58:2,8 | 59:4,9,11,14,15 |
| 28:6,17,26 | 40:14 | | |
| 30:18 | 42:1,3,4 | | |
| 33:5,22 | 51:4,5 | | |

61:8 53:8

66:16

Ang Israel ay nagpapakilala ng katangian ni YHWH sa mga bansa. Siya ay nabigo, kaya si YHWH ay magtatayo ng isang "panukalang" Israelita upang tuparin ang Kanyang personal na kkapahayagan sa mundo (i.e., ang Mesias, Hesus ng Nazareth, ang Kristo, cf. Isaias 52:11-53:12)!

**10:43 "Siya ang pinatotohanan ng lahat ng mga propeta"** Si Hesus ay nagpakita sa dalawang mga alagad sa daan sa Emmaus (nakatala lamang sa Lucas 24:13-35 kung saan at paano ang OT ay tinutukoy ang Kanyang sarili. Ipinapakita nito na ang mga alagad sa itaas na silid at ang katotohanang ito ay naging pamantayang paglapit sa pagsasaksi sa mga Hudyo (cf. 3:18). Binuksan ni Hesus ang mga kaisipan ng mga alagad (cf. Lucas 24:45).

▣ **"sa pamamagitan ng kaniyang pangalan"** (cf. Joel 2:32 at Lucas 24:47)

▣ **"ang bawa't sumasampalataya sa kaniya ay magkakamit ng kapatawaran sa mga kasalanan"** Ito ay mensahe ng ebanghelyo:

1. bawat-isa
2. sa pamamagitan ng Kanyang pangalan
3. na kanilang nananampalataya sa Kanya
4. tumanggap ng kapatawaran ng kasalanan (cf. Lucas 24:46-47)

Ito ay pagtuon kay Hesus, hindi pagtuon sa kasanayan (i.e., ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34, cf. Ezekiel 36:22-38). Ang lahat ng kinakailangan upang maisakatuparan para sa bawat-isa, kaninuman, upang maligtas ay naisakatuparan na! Ang Diyos ay piniling kumilos sa nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ng kasunduan. Siya ang nagpauna nito at nagtakda ng adyenda, ngunit Siya din ay nag-uutos sa mga tao na tumugod sa pamamagitan ng pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang mga tao ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma. 10:9-13). Ito ay hindi isang awtomatikong paglipat.

Frank Stagg, *New Testament Theology*, ay mayroong isang nakakawili puna patungkol sa kapatawaran at ang ipinagpapalagay nitong na kaugnayan sa pagsisisi.

> "Ang pagpapatawag ay nananawagan para sa isang bagong kamalayan ng kasalanan at isang pagtalikod mula dito. Ang katiyakan ay ipinagkaloob na ang kapatawaran at paglilinis ay tiyak na susunod sa sandali ng pagpapahayag ng mga kasalanan (I Juan 1:9), ngunit hindi ipinangakong ipinagkaloob kung saan ang pagpapahayag ng kasalanan ay hindi natamo. Sa tahanan ni Cornelio, si Pedro ay inugnay ang kapatawaran sa pananampalataya, na inihahayag na sa isang ito (Hesus) ang lahat ng mga propeta ay nagtataglay ng pagpapatunay: 'na sa pamamagitan ng kanyang pangalan ang bawat-isa na nagtiwala sa ay makakatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan' (Mga Gawa 10:43). Sa pagtitiwalang ito, na may pagsisisi at pag-amin ng kasalanan, ay kapwa 'inaari at itinatakwil' ang kanyang kasalanan. Hindi ito nangangahuluga na ang pagsisisi *ay nagtatamo* ng kapatawaran; kahit na ang pagsisisi ay hindi makakagawa ng karapat-dapat na kapatawaran. Tulad ng iba inilalagay ito, ang makasalanan kailangang tanggapin ang kanyang pagtanggi at tanggapin ang kanyang pagtanggap, kahit na alam niya mismo na ito ay hindi katanggap-tanggap. Ang makasalanan ay hindi mapapatawad hanggang siya ay malugod na tumanggap sa *hindi* ng Diyos upang marinig ang kanyang *oo*" (p. 94).

Para sa "pananampalataya sa Kanya" tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:16.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:44-48

**[44]Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng nangakikinig ng salita. [45]At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Banal na Espiritu. [46]Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Diyos. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, [47]Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Banal na Espiritu na gaya naman natin? [48]At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Hesukristo. Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa kaniya na matirang mga ilang araw.**

**10:44** Pansinin na si Pedro hindi pa natapos ang kanyang pangangaral nang dumating ang Espiritu (cf. 8:16-17; 10:44; 11:15).

▣ **"bumaba sa lahat ng nangakikinig ng salita"** Ang totoong teolohikong pag-iigting ay hindi kay Cornelio. Siya ay lubusang tinanggap ng lokal na sinagoga. Ito ay lahat ngmga kaibigan! Sila ay tila walang nakatipas na pakikipag-ugnayan, kahit na sa Judaismo, at ngayon ang Diyos ay lubusan silang tinanggap. Ang pagtanggap na ito ay nagpapakilala at nagpapatibay ng katulad na pagpapahayag ng espiritwal na kapangyarihan at presensya na ipinakita sa Pentecostes.

Pansinin din na ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ay nagbago. Ang Espiritu ay dumating bago ang tubig ng bautismo, hindi kasabay nito (cf. 2:38) o pagkatapos nito (cf. 8:17). Tinala ni Lucas kung ano ang nangyari, hindi kung ano "ang dapat na nangyari." Maging maingat sa pagsubok na ibaling ang isa sa mga tagpo ng ebanghelyo na nakatala sa Mga Gawa ang "ang" tagpo ng ebanghelyo!

**10:45** Ang katulad na higit sa karaniwan na pagpapahayag ng Espiritu (cf. v. 46) na nangyari sa Pentecostes, ay nangyari muli kasama ang mga Romano! Ang natatanging tandang ito ay hindi para kay Cornelio at sa kanyang mga kaibigan lamang, ngunit pangunahin para sa mga tinuling mananampalataya (cf. v. 47). Ito ay nagpapakita sa isang makapangyarihan, walang alinlangang kaparaanan na ang Diyos ay tinanggap ang mga Hentil (cf. 11:17), kahit na ang mga Romano!

Si Lucas ay nagtatakda ng pampanitikang yugto para sa Mga Gawa 15, ang Konseho ng Herusalem. Kapwa sina Pedro at Pablo ay naniniwala kasama ng Helenistikong nananampalatayang mga Hudyo na ang Diyos ay lubusang tinanggap ang mga Hentil sa pamamagitan ng Kristo.

▣ **"ang kaloob na Banal na Espiritu"** Ang ministeryo ng ang Espiritu ay maliwanag na makikita sa Juan 16:8-14. Sa isang pagkaunawa, ang paghatol sa kasalanan ay isang kaloob mula sa ang Espiritu. Ang kaligtasan mismo ay isang kaloob ng Espiritu. Ang panananahan ng presensya ay isang kaloob ng Espiritu. Ito ay ang bagong panahon ng Espiritu (cf. 2:38; 8:20; 11:17). Walang palagian at mabisang mangyayari na walang presensya at kapangyarihan ng Espiritu.

▣ **"ibinuhos din naman"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang pagbubuhos ay bahagi ng sistemang paghahandog sa OT. Ito ay ipinanukala sa Espiritu sa Joel 2:28 at sinipi sa pamamagitan ng Pedro sa kanyang pangangaral sa Pentecostes (cf. 2:17,33). Ang Espiritu ay lubusan at palagiang ibinagkakaloob sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Diyos.

**10:47** Ito ay isang retorikong katanungan na inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ang katanungang ito ay upang makakuha ng pagkakasundo sa Hudyong mga mananampalataya na sumama kay Pedro mula sa Joppe. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Bautismo sa 2:38.

**10:48 "inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Hesukristo"** Pansinin na ang pagbabautismo ay kagyat. Gayundin, pansinin na ito ay isinakatuparan sa pangalan ni Hesus tulad ng sa 2:38 at 19:5. Ang pormula ng pagbabautismo sa Mga Gawa ay "sa ang pangalan ni Hesus," habang sa Mateo 28:19 ito ay sa pangalan ng Trinidad na Diyos. Ang pormula ay hindi ang susi, ngunit ang puso ng babautismuhan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang kaligtasan ni Cornelio ay napakahalaga?
2. Paano maihahalintulad ang karanasan ng kaligtasan ni Cornelio kay Pablo?
3. Ano ang teolohikong kahalagahan ng kumot na puno ng mga hayop at ang mga puna ni Pedro sa kaugnayan nito kay Cornelio?
4. Bakit ang kaligtasan ng mga kaibigan ni Cornelio ay isang suliranin?
5. Balangkasin ang sermon ni Pedro at ihalintulad ito sa ibang mga pangyayaring kaligtasan sa Mga Gawa. Silang lahat ay magkakaiba, ngunit magkatulad.

# MGA GAWA 11

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Ulat ni Pedro sa Iglesiya sa Herusalem | Pagtatanggol ni Pedro sa Biyaya ng Diyos | Pagtatanggol ni Pedro | Ang Ulat ni Pedro sa Iglesiya sa Herusalem | Herusalem: Nangatwiran si Pedro sa Kanyang Ginawa |
| 11:1-18 | 11:1-18 | 11:1-18 | 11:1-4 | 11:1-10 |
| | | | 11:5-17 | |
| | | | | 11:11-14 |
| | | | | 11:15-17 |
| | | | 11:18 | 11:18 |
| Ang Iglesiya sa Antioquia | Sina Bernabe at Saulo sa Antioquia | Misyon sa mga Griyego sa Antioquia | Ang Iglesiya sa Antioquia | Pagtatatag ng Iglesiya sa Antioquia |
| 11:19-26 | 11:19-26 | 11:19-26 | 11:19-26 | 11:19-21 |
| | | | | 11:22-24 |
| | | | | 11:25-26 |
| | Tulong sa Judea | Tulong sa Pagkagutom na Ipinadala sa Herusalem | | Ipinadala sina Bernabe at Pablo na kinatawan sa Herusalem |
| 11:27-30 | 11:27-30 | 11:27-30 | 11:27-30 | 11:27-30 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:1-18

**[1]Nabalitaan nga ng mga apostol at ng mga kapatid na nangasa Judea na nagsitanggap din naman ang mga Gentil ng salita ng Diyos. [2]At nang umahon si Pedro sa Herusalem, ay nakipagtalo sa kaniya ang mga sa pagtutuli, [3]Na nagsisipagsabi, Nakisalamuha ka sa mga taong hindi tuli, at kumain kang kasalo nila. [4]Datapuwa't si Pedro ay nagpasimula, at ang kadahilanan ay isinaysay sa kanilang sunodsunod na sinasabi, [5]Ako'y nananalangin sa bayan ng Joppe: at sa kawalan ng diwa'y nakakita ako ng isang pangitain, na may isang sisidlang bumababa, na gaya ng isang malapad na kumot, na inihuhugos mula sa langit na nakabitin sa apat na sulok; at dumating hanggang sa akin: [6]At nang yao'y aking titigan, ay pinagwari ko, at aking nakita ang mga hayop na may apat na paa sa lupa at mga hayop na ganid at ang mga nagsisigapang at mga ibon sa langit. [7]At nakarinig din naman ako ng isang tinig na nagsasabi sa akin, Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. [8]Datapuwa't sinabi ko, Hindi maaari, Panginoon: sapagka't kailan man ay walang anomang pumasok sa aking bibig na marumi o karumaldumal. [9]Nguni't sumagot na ikalawa ang tinig mula sa langit, Ang nilinis ng Diyos, ay huwag mong ipalagay na marumi. [10]At ito'y nangyaring makaitlo: at muling binatak ang lahat sa langit. [11]At narito, pagdaka'y nangagsitayo sa tapat ng bahay na aming kinaroroonan, ang tatlong lalake na mga sinugo sa akin buhat sa Cesarea. [12]At iniutos sa akin ng Espiritu na ako'y sumama sa kanila, na huwag magtangi. At nagsisama naman sa akin itong anim na kapatid; at nagsipasok kami sa bahay ng lalaking yaon: [13]At kaniyang isinaysay sa amin kung paanong nakita niya ang anghel na nakatindig sa kaniyang bahay, at nagsasabi, Magsugo ka sa Joppe, at ipagsama mo si Simon, na may pamagat na Pedro; [14]Na siyang magsasaysay sa iyo ng mga salita, na ikaliligtas mo, ikaw at ng buong sangbahayan mo. [15]At nang ako'y magpasimulang magsalita, ay bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu, na gaya naman ng pagbaba sa atin nang una. [16]At naalaala ko ang salita ng Panginoon, kung paanong sinabi niya, Tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Banal na Espiritu. [17]Kung ibinigay nga sa kanila ng Diyos ang gayon ding kaloob na gaya naman ng kaniyang ibinigay sa atin, nang tayo'y nagsisisampalataya sa Panginoong Hesukristo, sino baga ako, na makahahadlang sa Diyos? [18]At nang marinig nila ang mga bagay na ito, ay nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Diyos, na sinasabi, Kung gayo'y binigyan din naman ng Diyos ang mga Gentil ng pagsisisi sa ikabubuhay.**

**11:1** Ang talang ito ay nagpapahiwatig na ang pamunuan ng iglesiya sa Herusalem ay nagulat sa mga pag-inog ng mga pangyayari. Sila ay nabigla at hindi lubusang nagtataguyod. Sila ay walang kaunawaan sa Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8) na isinasama ang mga pagano. Ang pariralang ito ay makikita sa 8:14 at ang pagtanggap ng Samaritano sa ebanghelyo.

▣ **"mga kapatid"** Ito ay isang sinaunang titulo para sa mga mananampalataya na nabibigay-diin sa pagkakilanlan ng ating magkakasamang pamilya (cf. 1:15; 6:3; 9:30; 10:23; 11:1,12, 29; 12:17; 14:2; 15:1,3,22,23,32-33,40; 16:2,40; 17:6,10,14; 18:18,27; 21:7, 17; 22:5; 28:14-15). Ang maging isang Kristyano ay maging isang bahagi ng isang pamilya (cf. I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Colosas 3:11).

▣ **"na nangasa Judea"** Ito ay nagpapakita ang heograpikong mga limitasyon ng iglesiya sa panahong iyon. Kahit na pagkatapos ng maraming mga taon ang iglesiya ay hindi kumilos na lagpas sa kanyang pangkulturang mga hangganan. Ang kautusan ni Hesus sa 1:8 ay hindi nasusunod! Ito ay "madalas na" kaagapay sa Genesis 10-11.

▣ **"na nagsitanggap din naman ang mga Gentil ng salita ng Diyos"** Ito ay AORIST NA PANGGITNANG (deponent) NA MAY PAHIWATIG. Ito ay nagpapakita ang pangangailangan ng isang personal na pagtanggap ng mensahe ng ebanghelyo (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma. 10:9-13 Efeso 2:8-9). Ang pariralang "ang salitang ng Diyos" ay kaagapay sa "ang ebanghelyo." Ang OT pandaigdigang mga pangako/mga propesiya ay natutupad. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8.

**11:2 "ang umahon si Pedro sa Herusalem"** Tila ang suliranin sa mga misyong pang-Hentil na nagpapatuloy sa kabanata 15 ay isang paulit-ulit na suliranin para sa pamunuan ng sinaunang iglesiya sa Herusalem. Maraming mga nagbagong-buhay sa Kristiyanismo ay lubhang pa ring makabayan (cf. 15:5; 21:18-26).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"silang mga tinuli"** |
| **NKJV** | **"silang mga sa pagtutuli,"** |
| **NRSV, NJB** | **"mga tinuling mananampalataya"** |
| **TEV** | **"silang sumasang-ayon sa pagtutuli ng mga Hentil"** |
| **Williams** | **"ang mga tagapagtanggol ng pagtutuli"** |

Ang pariralang ito ay ginamit sa maraming iba't-ibang mga kaunawaan:

1. sa 10:45 upang ilarawan ang anim na kasamahang Hudyo ni Pedro

2. dito, ito ay tumutukoy sa isang pangkat ng mga mananampalataya sa ang iglesiya at Herusalem (cf. 11:18 o 15:5)
3. sa Galacia ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya mula sa iglesiya sa Herusalem (cf. 2:12) gayundin naman sa Hudyong mga di-mananampalataya (cf. 1:7; 2:4; 5:10,12)

Walang katanungan patungkol sa katapatan ng mga mananampalatayang ito, o ang lohika ng kanilang kalalagayan. Subalit, ang radikal na kalikasan ng banghelyo ay nagbukas ng pintuan sa lahat ng mga tao na lubusang walang kaugnayan sa Kautusan ni Moises (i.e., Roma. 3:21-31) Ito ay isang mensahe (biyaya, hindi pagsasakatuparan, ang nagdadala ng kaligtasan) na dapat marinig at bigyang-pansin ng maraming makabagong mga mananampalataya!

▣
**NASB** **"nakipagtalo"**
**NKJV** **"nanindigan"**
**NRSV, TEV** **"pumula"**
**NJB** **"tumutol"**

Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ang pang-gramatikong anyong ito ay maaaring mangahulugan ng paulit-ulit na pagkilos sa nakalipas o ang simula ng isang pagkilos. Pansinin ang nananampalatayang tradisyonal ay ginawang usapin kay Pedro, hindi ang ebanghelyo. Hindi nila nakita na ito ay isang isyu ng ebanghelyo.

**11:3 "Nakisalamuha ka sa mga taong hindi tuli, at kumain kang kasalo nila"** Maliwanag na si Pedro ay hindi ang di-hinahamong pinuno. Sa gramatika, ang talatang ito ay maaaring maging isang pahayag o isang katanungan (NRSV).

Ang isyung ito ng pakikipag-ugnayan sa hapag ay lubhang mahalaga sa mga Hudyo. Ito ay maaaring ang malaking isyu sa likod ng mga kautusan sa pagkain ng Levitico 11 na ang mga Hudyo ay hindi nakikisalo sa kahit-anong panlipunang pangyayaring kasama ang mga taga-Canaan. Ang pagkain sa Sinaunang Malapit sa Silangan ay isang uri ng kasunduan ng pakikipag-ugnayan. Si Hesus ay pinaparatangan ng isang katulad na paglabag ng tradisyon sa Mateo 9:11; 11:19; Lucas 5:30; 15:2.

Si Pedro ay nakikihamok sa isyung ito sa kanyang ministeryo (cf. Galacia 2:12). Ito ay isang sensitibong isyu para sa mga unang mga mananampalataya. Ito ay lubhang mahirap na isaisip muli sa mga tradisyon, kultura, at mga pansariling pagtatangi, ngunit ang ebanghelyo ay hinihingi na gawin natin ito (cf. I Corinto 12:13; Galacia 3:23-29; Colosas 3:11). Ang Hudyo laban sa Hentil na modelo ng OT ay lubusang pinalitan ng mananampalataya laban sa di-mananampalataya na modelo!

**11:4-18** Tinala ni Pedro ang kanyang karanasan sa bahay nina Simon at Cornelio (Mga Gawa 10) para sa Hudyong mga pinuno sa Herusalem. Ang pag-uulit na ito (cf. ang Konseho ng Herusalem sa kabanata 15) ay ang paraan ni Lucas na ipakita kung gaano kahalaga ang isyung ito (pagdaigdigang pang-e-ebanghelyo) ay para sa ang buhay ng iglesiya. Ito ay isang teolohikong yugto ng pagtangkilik!

**11:4**
**NASB** **"sunodsunod"**
**NKJV** **"na nasa ayos mula sa simula"**
**NRSV** **"bawat hakbang"**
**TEV** **"isang buong tala"**
**NJB** **"ang bawat detalye"**

Ang salitang *kathexēs* ay ginamit lamang sa NT ni (cf. Lucas 1:3; 8:1; Mga Gawa 3:24; 11:4; 18:23). Ito ay mayroong kahulugan ng pagpapaliwanag ng isang bagay sa isang lohiko, panandalian, o pagkakasunod-sunod na ayos. Ito ay umaakma sa paraan ng pananaliksik (cf. Lucas 1:1-4), personalidad, at propesyonal na kasanayan (manggagamot) ni Lucas.

**11:6 "nang yao'y aking titigan"** Tingnan ang tala sa 1:10.

**11:12**
**NASB** **"huwag magtangi"**
**NKJV** **"walang pinagdududahan"**
**NRSV** **"huwag gumawa ng pagkakaiba"**
**TEV** **"walang pag-aalinlangan"**
**NJB** **"walang alinlangan"**

Mayroong maraming Griyegong kasulatang mga kaibahan na kaugnay sa PANAHUNAN ng KATAGANG ITO (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG mula sa 10:20 o AORIST NA PANGGITNA sa MSS $P^{74}$, $\aleph^2$, B). Ito ay tinaggal sa ang Griyegong mga kasulatan $P^{45}$, D, at ilang Lumang Latin at isang saling Syrian. Ang mga eskriba ay may kagawiang gawing magka-ayon ang mga magkakatulad. Gaya ng karamihan sa tekstwal na mga kaibahan sa NT, ito ay hindi nakakaapekto sa pagkakahulugan ng parirala. Ang $UBS^4$ ay inilalagay ang AORIST NA PANGGITNANG KATAGA sa teksto ngunit nagbibigay dito ng isang "C" na antas (may kahirapan sa pagpapasiya).

**11:14 "na ikaliligtas"** Ang kabanalan at kagandahang-loob ni Cornelio ay hindi siya ginawang isang Kristyano! Siya at kanyang pamilya at mga kaibigan ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo!

**11:15** Ang talatang ito ay teolohikong napakahalaga sa pagtingin ng layunin ng ang paulit-ulit na Pentecostal na karanasan sa Mga Gawa. Ang Diyos ay gumamit ng pagpapaunang karanasan sa Herusalem upang ipakita ang Kanyang pagtanggap ng ibang panglahi, heograpiko, at pangkulturang mga pangkat (cf. v. 17). Ang karanasan ay hindi lamang para kay Cornelio, ngunit para kay

1. Pedro
2. ang sumamang Hudyong mga mananampalataya
3. ang iglesiya sa Herusalem

**11:16 "naalaala ko ang salita ng Panginoon"** Ito ay isang pagkabanggit sa mga salita ni Hesus sa Mga Gawa 1:5. Ito ay nagpapakita ang huwaran ng sinaunang pakikitungo ng mga Apostol sa teolohiya:

1. pagsipi kay Hesus
2. paggamit ng halimbawa ni Hesus
3. pagsipi ng OT (cf. Mateo 3:11; Mga Gawa 1:5)

Si Pedro ay itinatatag na ang Panginoon mismo ang nakakita sa una ng mga pag-unlad na ito (i.e., tanda).

**11:17 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI pangungusap na ipinagpapalagay na tunay na mula sa ang pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

▣ **"ibinigay nga sa kanila ng Diyos ang gayon ding kaloob"** Ito, tulad ng v. 15, ay tumutukoy sa karanasan sa Pentecostes (cf. 2:1-4; 8:15; 10:46; 15:8). Ang kaligtasan, tulad ng ang Espiritu, ay isang kaloob din mula sa Diyos (cf. Roma. 3:24; 5:15-17: 6:23; Efeso 2:8).

▣ **"ang tayo'y nagsisisampalataya sa Panginoon"** Ito ay kailangang tanggapin (cf. 11:1; Juan 1:12; Efeso 2:8-9). Pansinin kung paano ang v. 17 ay nagbibigay-diin sa kapwa kapangyarihan ng Diyos at ang pinag-utos na pagtugon ng tao. Mayroong maraming MGA PANGHALIP sa NT na ginamit upang ilarawan ang pananampalataya kay Hesus:

1. *epi* = tungkol (dito)
2. *eis* = sa loob
3. *en* = sa
4. *hoti* = pahayag patungkol kay Hesus
5. DATIVE CASE na walang PANG-UKOL

Ang pagkakaibang ito ay tila nagpapahayag na walang tiyak na gramatikong anyo na kaugnay sa "pagsampalataya" (*pisteuō*). Kadalasang ang personal, pakusang aspeto ay binibigyan-diin (maliban sa *hoti*, na nangangahulugangang nilalaman ng ebanghelyo o mga doktrina). Si Hesus ay isang persona na dapat tanggapin! Tingnan ang Natatanging mga Paksa at 2:40 at 3:16.

**11:18 "nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Diyos"** Ang patoto ni Pedro ay hindi lamang para ihinto ang salungat na kapaligiran, ngunit ito ay nagbunga ng pagpuri! Karamihan sa mga sinaunang pinuno at mga mananampalataya ay natuturuan at nakikiayon. Sila ay nagnananis na iakma ang kanilang teolohiya at sumunod sa pangunguna ng Diyos.

▣ **"binigyan din naman ng Diyos ang mga Gentil ng pagsisisi sa ikabubuhay"** Mayroong maraming mga talata sa NT na nagpapahiwatig na ang makapangyarihang Diyos ay ang pinagmulan ng pagsisisi gayundin naman ng biyaya (cf. Mga Gawa 5:31, 8:22; II Timoteo 2:25).

Ang teolohikong isyu na kaugnay sa pariralang ito ay, "ano ang kaugnayan ng kapangyarihan ni Diyos sa kaligtasan laban sa pangangailangan ng pagtugon ng mga tao?" Ang pananampalataya at pagsisisi (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21) ba ng tao o mga kaloob mula sa Diyos? Mayroong mga teksto na malakas na ipinapahiwatig na sila ay kaloob mula sa Diyos (cf. Mga Gawa 5:31; 11:18; Roma. 2:4; at II Timoteo 2:25). Yamang ako ay naniniwala na ang lahat ng Banal na Kasulatan ay kinasihan (cf. II Timoteo 3:16) pagkatapos na ang isa ay maihambing sa lahat ng mga tekstong kaugnay sa kahit-anong teolohikong isyu at hindi maisusuko sa isang pagpapatunay-teksto o pang-denominasyong paraan. Ito ay maliwanag na ang isang tunay na Diyos ay sa makapangyarihan sa lahat ng mga bagay! Ang Mga Gawa ay binibigyang-diin ito nang paulit-ulit. Subalit, Siya ay mayroong pinili upang maiugnay sa Kanyang pinakamataas na nilalang sa pamamagitan ng kasunduan. Ang Diyos palaging ang nagpapauna at at nagtatakda ng agenda, ngunit ang sangkatauhan ay kailangang tumugon at magpatuloy sa pagtugon. Ito ay di kailanman isang maski alin/o na katanungan. Ito ay palagiang isang kapwa/at na pakikipag-ugnayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan sa 2:47. Para sa "pagsisisi" tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:38.

Si Michael Magill, *NT TransLine* (p. 435, #24) ay mayroong isang mabuting buod na pahayag ng kung ano ang iniisip na mangyayari ng sinaunang nananampalatayang mga Hudyo sa Herusalem.

> "Ang Hudyong mga mananampalataya ay nalalaman ang mensahe ay para sa mundo. Ngunit ang kaligtasang iyon ay dumating sa mga Hentil na hiwalay mula sa Judaismo, na may lahat ng mga pahiwatig na mayroon ito, ay isang bagong kaisipan para sa them. Kanilang ipinagpapalagay na ang kaligtasan ay maaaring ipahayag sa mundo bilang bahagi at sa pamamagitan ng isang tunay, espiritwal na Judaismo; na ang Judaismo na maghahari sa lahat ng tao ay magiging mga Hudyo bilang bahagi ng paghanap ng buhay kay Kristo; na ang kultura ng Israel na naging maluwalhati ay magiging kultura ng mundo."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:19-26**

**[19]Yaon ngang nagsipangalat sa ibang lupain dahil sa kapighatian na nangyari tungkol kay Esteban ay nangaglakbay hanggang sa Fenicia, at sa Chipre, at sa Antioquia, na hindi nagsaysay kanino man ng salita kundi sa mga Hudyo lamang. [20]Datapuwa't may ilan sa kanila, mga taong taga Chipre at taga Cirene, na, nang sila'y magsidating sa Antioquia, ay nangagsalita naman sa mga Griyego, na ipinangangaral ang Panginoong Hesus. [21]At sumasa kanila ang kamay ng Panginoon: at ang lubhang marami sa nagsisisampalataya ay nangagbalik-loob sa Panginoon. [22]At dumating ang balita tungkol sa kanila sa mga tainga ng iglesiya na nasa Herusalem: at kanilang sinugo si Bernabe hanggang sa Antioquia: [23]Na, nang siya'y dumating, at makita ang biyaya ng Diyos, ay nagalak; at kaniyang inaralan ang lahat, na sa kapasiyahan ng puso ay magsipanatili sa Panginoon: [24]Sapagka't siya'y lalaking mabuti, at puspos ng Banal na Espiritu at ng pananampalataya: at maraming tao ang nangaparagdag sa Panginoon. [25]At siya'y naparoon sa Tarso upang hanapin si Saulo; [26]At nang siya'y kaniyang masumpungan ay kaniyang dinala siya sa Antioquia. At nangyari, na sa buong isang taon sila'y nakisama sa iglesiya, at nagsipagturo sa maraming tao; at ang mga alagad ay pinasimulang tawaging mga Kristiyano, sa Antioquia.**

**11:19-30** Ang mga talatang ito ay tila isang pagkasaysayang pagbabalik-tanaw at isang teolohikong buod. Sila ay kaugnay sa 8:4.

**11:19 "yaon ngang nagsipangalat sa ibang lupain dahil sa kapighatian na nangyari"** Tayo ay maraming sinaunang mga halimbawa ng mga pag-uusig na ito sa Mga Gawa (cf. 5:17ff; 6:8-15; 8:1-3; 9:1-2). Ang pagkaunawa ni Esteban sa radikal na implikasyon ng ebanghelyo ay mabisang pilitin ang lahat ng Hudyong mga mananampalataya sa Palestina sa muling isaalang-alang ang kanilang pananampalataya at ang layunin ng ebanghelyo.

▣ **"Antioquia"** Ang Antioquia ay ang pangatlong pinakamalaking lungsod ng ang Romanong Emperyo pagkatapos ng Roma at Alexandria. Ito ay ang kabisera ng Siria at ito ay may isang malaking Hudyong populasyon. Ito ay kilalang-kilala sa kanyang buhay pamantasan at kanyang sekswal na kahalayan. Ito din ay kilala sa daigdig para sa karera ng karo. Ito ang magiging isang pangunahing sentro ng Kristiyanismo!

▣ **"hindi nagsaysay kanino man ng salita kundi sa mga Hudyo lamang"** Ito ay nagpapakita na ang sinaunang iglesiya ay hindi tiyak kung ang pangangaral sa mga Hentil ay sapat na. Ang mga konserbatibo ay maaaring sipiin ang mga salitang ni Hesus sa Mateo 10:5, habang ang mga may pananaw ay maaaring sipiin ang Mateo 28:18-20 o Mga Gawa 1:8. Ang teolohikong isyung ito ay muling mapapaibabaw sa Mga Gawa 15.

**11:20 "mga taong taga Chipre at taga Cirene"** Ito ay katulad na Hudyong mga mananampalataya na nagsasalita ng mga Griyego na gaya ng sa Mga Gawa 6-8, na nagsimula sa pangangaral na may pandaigdigang mga pahiwatig ng Kristyanong ebanghelyo sa Herusalem. Si Bernabe ay mula din sa ganitong heograpikong lugar.

▣ **"sa mga Griyego"** Ang salitang ito (*Hellēn*) karaniwang tumutukoy sa mga Hentil (cf. 14:1; 16:1,3; 18:4; 19:10,17; 20:21; 21:28). Subalit, sa 17:4 ito ay tumutukoy sa mga Hentil na nauugnay sa mga sinagoga (mga may takot sa Diyos), ngunit hindi mga kasapi (i.e., mga nagbagong-buhay).

Ang katanungan ay, "Sino ang pinapatungkulan ni Lucas na pinapangaralan."

1. ang mga nagsasalitang-Griyego na mga Hudyo gaya ng sa 6:1 at 9:29 (*Hellēnists*)
2. ang mga Hentil na kaugnay sa sinagoga (*Hellēn*)
3. ang ganap na mga Hentil (cf. TEV, NJB)?

Sa lahat ng kaguluhan na dinulot nito, maaaring ang termino ay tumutukoy sa nagsasalita ng Griyego; ang ilan ay maaaring mga Hudyo ng Diaspora, at ang iba ay ganap na mga Hentil.

▣ **"ipinangangaral ang Panginoong Hesus"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG KATAGA ng PANDIWA mula dito ay makukuha nating ang Ingles na terminong "evangel" at pag-e-ebanghelyo." Ang kanilang mensahe ay hindi patungkol kay mga kautusan ng OT at mga pamamaraan, ngunit patungkol kay Hesus ng Nazareth bilang ang Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31)!

**11:21 "sumasa kanila ang kamay ng Panginoon: at ang lubhang marami sa nagsisisampalataya ay nangagbalik-loob sa Panginoon"** Ito ay isa pang buod na pahayag ng dakilang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng ebandyelikong pangangaral. Sa wakas, ang Mga Gawa 1:8 ay naisasakatuparan na (cf. v. 24b).

Ito ay isang OT wikain para sa pagkilala ng presensya at kapangyariha ni YHWH para sa patupad ng Kanyang layunin sa gawain ng tao (cf. II Samuel 3:12).

Ito ay nakakawiling tandaan na ang terminong "Panginoon" (*Kurios*) ay ginamit sa una ng talatang ito upang tumutukoy kay YHWH (cf. LXX Exodo 3:14; II Samuel 3:12; Isaias 59:1, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:6). Subalit, sa sumunod na bahagi ng talata, ito ay ginamit upnag tumutukoy kay Hesukristo. Ang pagpapalit ng titulong ito ay isang karaniwan pampanitikang pamamaraan ng mga may-akda ng NT upang bigyang-diin ang pagka-Diyos ni Hesus. Pansinin kung saan sinipi ni

Pablo ang mga OT teksto na tumutukoy kay YHWH at inaangkop sila kay Hesus (i.e., Roma. 10:13; I Corinto 2:16; Filipos 2:10-11).

Ang "kamay ng Panginoon" ay isang OT antropomorpikong wikain (tingnan ang natatanging Paksa sa 2:33). Si YHWH ay isang eternal na espiritu na may pressensya sa panahon at paglalang. Siya ay walang pikal na katawan. Subalit, ang tanging talasalitaan ng mga tao na nagpapahayahag ng anumang personal ay pisikal, pantaong mga terminong. Dapat nating tandaan ang mga hangganan ng nalugmok, temporal, makalupang pantaong wika. Nagpapahayag ito ng espiritwal na kalalagayan sa mga talinghaga, mga paghahambing, at mga di-pagsang-ayon. Ito ay nagpapahayag ng katotohanan, ngunit sa di-lubusang pamamaraan. Ang Diyos ay mas lalong higit na kakayahan kay sa atin na makaalam at makapahayag. Siya ay tunay na nakikipag-ugnayan sa atin, ngunit hindi lubusan. Maaarin nating mapagkatiwalaan ang Bible bilang sariling kapahayagan ng Diyos, ngunit dapat nating tandaan na ang Diyos ay lalong dakila! Ang pantaong wika ay kapwa naghahayag at nagtatakda!

## NATATANGING PAKSA: KAMAY (INILARAWAN MULA SA EZEKIEL)

Ang salitang "kamay" (BDB 388) ay mayroong maraming mga kahulugan at mga pagkakagamit.

1. literal (i.e., kamay ng isang tao)
   a. simbolo ng buong tao, 3:18; 18:8,17; 33:6,8
   b. simbolo kahinaan ng tao, 7:17,27; 21:7; 22:14
   c. simbolo mga banyagang kaaway, 7:21; 11:9; 16:39; 21:31; 23:9,28; 28:10; 30:12; 34:27; 38:12; 39:23
   d. literal na kamay, 8:11; 12:7; 16:11; 37:17,19,20
   e. simbolo ng kapangyarihan ng mga bulaang pinuno, 13:21,22,23; 34:10
   f. simbolo ng isang bansa, 23:31,37,42,45; 25:14; 27:15; 28:9; 30:10,22,24,25; 31:11; 39:3
2. antropomorpiko ng pagka-Diyos
   a. pagtanggap ng kapahayagan, 1:3; 3:14,22; 8:1; 33:22; 37:1; 40:1 (2:9 ay isa pang talinghaga- balumbon isang kamay)
   b. kapangyarihan ni YHWH sa pagtahol, 6:14; 13:9; 14:9,13; 16:27; 20:33; 25:7,13,16; 35:3; 39:21
   c. si YHWH mismo (Kanyang personal Presensya), 20:22
   d. kapangyarihan ni YHWH na magpalaya, 20:34 (maaaring ang susing paggamit ay mula sa Exodo, cf. 3:20; 4:17; 6:1; 7:19; 13:3)
3. antropomorpiko ng Cherubim, 1:8; 8:3; 10:7,8,12,21
4. antropomorpiko ng mga napangwasak na anghel, 9:1-2; 21:11
5. simbolo ng isang pangako o panunumpa, 17:18; 20:5(dalawang beses),6,15,23,28; 36:7; 44:12; 47:14
6. simbolo ng kaligayahan, 25:6
7. antropomorpiko ng isang anghel, 40:3,5; 47:3

**11:22 "Bernabe"** Si Bernabe ay isang pangunahing tauhan sa aklat ng Mga Gawa (cf. 4:36-37; 9:27). Kanyang pangalan ay ginamit sa diwa ng taga-bigay-sigla, na maliwanag sa v. 23. Ang iglesiya sa Herusalem ay hindi pa rin palagay patungkol sa pagkakasama ng mga Hentil! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:36.

**11:23** Ito ay nakakawili na pansinin na noong si Bernabe ay nakita ang kumikilos na presensya ng ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu, kanyang pinalakas ang lahat na manatili sa pananampalataya (cf. 14:22). Ito ay maliwanag na nagpapakita ng pangangailangan para sa pagsisikap sa bahagi ng tao ng Diyos para sa may layunin pagtitiyaga (tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:22). Ang mga Hudyo at ang iglesiya ay lubhang nababahala patungkol sa masamang pangkulturang konteksto ng paganismo. Ang ebanghelyo ay hindi lamang isang malayang kaloob ng kaligtasan, ngunit isang panawagan sa kabanalan (cf. Mateo 5:48; Roma. 8:28-29; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 4:1; I Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ninanais ng Diyos ang isang bayan na magpapakilala ng Kanyang katangian sa isang napahamak na mundo. Ang layunin ng Kristiyanismo ay hindi lamang lahat kapat tayo ay namatay na, ngunit pagiging katulad ni Kristo ngayon upang ang iba ay maaaring dumating sa pananampalataya kay Kristo!

**11:24 "siya'y lalaking mabuti, at puspos ng Banal na Espiritu at ng pananampalataya"** Ang paglalarawang ito ay lubhang katulad ng sa mga nagsasalita ng Griyegong Hudyon na mga mananampalataya (ang pito) ng Mga Gawa 6:3, 5. Ang sinaunang iglesiya ay puno ng mga taong katulad nito! O na ito ay maaaring tunay na ng ating panahon, ating kultura, ating iglesiya!

**11:25 "At siya'y naparoon sa Tarso upang hanapin si Saulo"** Ang PANDIWANG ito sa Egyptian Koine papyri (ngunit hindi ang LXX) ay nagpapahiwatig na si Saulo ay hindi madaling hanapin. Tanging si Lucas lamang ang gumamit ng ganitong termino sa ang NT (cf. Lucas 2:44,45; Mga Gawa 11:25).Ang mga tahimik na taon ay tila ang tinutukoy sa Galacia 1:21. Ang eksaktong

kapanahunan ay di-tiyak, ngunit ito ay humigit kumulang sampung taon.

**11:26 "iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

▣ **"kaniyang dinala siya sa Antioquia. . . ang mga alagad ay pinasimulang tawaging mga Kristiyano, sa Antioquia"** Noong una, ang "Kristiyano" ay isang mapanirang sangunian sa mga mananampalataya na inimbento ng mga pagano. Nakakagulat na ito ay isang di-karaniwang termino sa NT. Ang pagkakabuo ng salita (na nagtatapos sa *ianos*) ay sumusunod sa huwaran ng pagkabuo ng isang termino para sa kanilang nagtataguyod at sumusunod; si Herodes (at kanyang pamilya) ay tinawag na "Herodians" (cf. Marcos 3:6; 12:13; Mateo 22:16). Ang paggamit nito sa isang Helenistikong kapaligiran ay nagpapakitang kung papaano ang titulo para sa Mesias (Hebreo) ay isinalin na Kristo sa Griyego ay mayroong magiging isang pangalan para sa mga tagasunod ni Hesus (mga Kristiyano).

Sa ganitong Helenistikong kalagayan, ito ay maaaring ang termino ay ibinigay sa pamamagitan ng mga pinuno ng pamahalaan upang pag-ibahin ang mga Hudyo sa mga mananampalataya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:27-30

**27Nang mga araw ngang ito ay may lumusong sa Antioquia na mga propetang galing sa Herusalem. 28At nagtindig ang isa sa kanila na nagngangalang Agabo, at ipinaalam sa pamamagitan ng Espiritu na magkakagutom ng malaki sa buong sanglibutan: na nangyari nang mga kaarawan ni Claudio. 29At ang mga alagad, ayon sa kaya ng bawa't isa, ay nangagpasiyang magpadala ng saklolo sa mga kapatid na nangananahan sa Judea: 30Na siya nga nilang ginawa, na ipinadala nila sa mga matanda sa pamamagitan ng kamay ni Bernabe at ni Saulo.**

**11:27 "mga propeta"** Ang mga propeta ay nabanggit ng maraming beses sa NT (cf. 13:1; 15:32; 21:10; I Corinto 12:28; 14:1-5, 29-33; Efeso 2:20; 4:10). Ito ay hindi palaging tiyak kung ang kanilang tungkuling ay una sa lahat ay pagbibigay propesiya, tulad nito, o pagbibigay-alam, gaya ng sa I Corinto 14 at Mga Gawa 2:17 (cf. 13:6; 15:32; I Corinto 12:28; 14:1-5, 29-33; Efeso 2:20; 4:10).

Ang mga propeta sa OT ay nakita bilang tagapagsalita ng Diyos, na ipinapaliwanag ang Kanyang kapahayagan; gayunman, ang mga propeta sa NT ay hindi mga tagapamagitan ng kapahayagan ng Diyos. Ito ay nakalaan sa mga may-akda ng NT, na karamihan sa kanila ay mga Apostol o silang may kaugnayan sa isang Apostol (Marcos, Lucas) . Ang NT na kaloob ng propesiya ay kailangang may hangganan. Ang kinasihang kapahayagan ay huminto na (cf. Jude 3 at 20).

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG BAGONG TIPAN

I. Hindi ito tulad ng propesiya sa OT (BDB 611), na may rabinikong pakahulugan ng kinasihang kapahayagan mula kay YHWH (cf. Gawa 3:18,21; Roma 16:26). Ang mga propeta lamang ang maaaring magsulat ng Banal na Kasulatan.
   A. Si Moises ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).
   B. Ang mga pangkasaysayang aklat (Josue - Hari [maliban sa Ruth]) ay tinawang na "mga naunang propeta" (cf. Gawa 3:24).
   C. Ang mga properta ay inilalagay sa tungkulin ng Punong Saserdote bilang pinanggagalingan ng kaalaman mula sa Diyos (cf. Isaias - Malakias)
   D. Ang pangalawang pangkat ng Hebreong kanon ay "ang mga Propeta" (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; Roma 3:21).

II. Sa NT, ang konsepto ay ginamit sa maraming magkakaibang mga paraan.
   A. tumutukoy sa mga propeta sa OT at kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2)
   B. tumutukoy sa isang mensahe para sa isang indibidwal kaysa sa pangkabuuang pangkat (i.e., mga propeta sa OT na nagsalita sa simula sa Israel)
   C. tumutukoy sa kapwa kay Juan Bautista (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at Hesus bilang tagapagpahayag ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Inaangkin din ni Hesus na siya ay lalong dakila sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).
   D. Iba pang mga propeta sa NT
      1. naunang buhay ni Hesus na natala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga ala-ala ni Maria)
         a. Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
         b. Zacarias (cf. Lucas 1:67-79)
         c. Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
         d. Ana (cf. Lucas 2:36)
      2. Mapanuyang hula (cf. Caiaphas, Juan 11:51)
   E. tumutukoy sa isang taong nagpapahayag ng ebanghelyo (ang mga tala ng mga kaloob ng pagpapahayag sa I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)

F. tumutukoy sa isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. Mateo 23:34; Gawa 13:1; 15:32; Roma 12:6; I Corinto 12:10,28-29; 13:2; Efeso 4:11). Minsan, ito ay maaaring tumukoy sa mga kababaihan (cf. Lucas 2:36; Gawa 2:17; 21:9; I Corinto 11:4-5).

G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)

III. NT mga propeta

A. Hindi sila nagbibigay ng kinasilang kapahayagan na katulad ng kaunawaan sa ginawa ng mga propeta sa OT (i.e., Banal na Kasulatan). Ang kapahayagang ito ay maaaring dahil sa paggamit ng pariralang "ang pananampalataya" (i.e., isang pagkaunawa sa isang ganap ng ebanghelyo) na ginamit sa Gawa 6:7; 13:8; 14:22; Galacia 1:23; 3:23; 6:10; Filipos 1:27; Judas 3,20.

Ang konseptong ay maliwanag na mula sa buong pariralang na ginamit sa Judas 3, "ang pananampalatayang minsan at para sa lahat na inilagak sa mga banal." Ang "minsan para sa lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan sa pananaw ng mundo ng Kristiyanismo. Ang minsan-ibinigay na pagbibigay-diin ay ang batayan para sa pagtatakda ng teolohikong inspirasyon sa mga sulat sa NT at hindi pagpapahintulot sa mga nahuli o iba pang mga sulat na maituring na kapahayagan. May mga maraming hindi malinaw, di-tiyak, at malabong bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang bawat bagay na "kinakailangan" para sa pananampalataya at pagsasagawa ay kasama na may sapat na kaliwanagan sa NT. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng tinatawag na "ang pangkapahayagang tatsulok"

1. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa kasaysayang panahon-kalawakan (KAPAHAYAGAN)
2. Pinili Niya ang tiyak na mga taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
3. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at puso ng mga tao sa pagkakaunawa ng mga sulat na ito, hindi sa kahulugan, ngunit sapat para sa kaligtasan at isang mabisang Kristiyanong buhay (ILUMINASYON O PAGBIBIGAY LIWANAG). Ang punto nito ay tinakda (o limitado) ang inspirasyon sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang sumunod pang mga makapangyarihang sulat, pangitain, o kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Mayroon na tayo ng lahat ng katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng naaayon sa Diyos. Ang katotohanang ito ay pinakamainam na makikita sa pagkakaisa ng mga manunulat ng bibliya laban sa matapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalit ang may antas ng maka-Diyos na pamumuno kaysa sa mga ginawa ng manunulat ng Banal na Kasulatan.

B. Sa isang mga paraan, ang mga propeta sa NT ay katulad ng mga propeta sa OT.

1. Paghula sa mga panghinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Gawa 27:22; Agabus, Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Gawa 20:23)
2. Ipahayag ang kahatulan (cf. Pablo, Gawa 13:11; 28:25-28)
3. Mga pang-sagisag ng pagkilos na maliwanag na naglalarawan ng isang pangyayari (cf. Agabus, Gawa 21:11)

C. Minsan, sila ay nagpapahayag ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa paraang paghuhula (cf. Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pinagtutuan. Ang pagbibigay hula sa I Corinto ay payak na pagpapahayag ng ebanghelyo (cf. 14:24,39).

D. Sila ang kaalinsabay na paraan ng Espiritu upang ihayag ang mga napapanahon at praktikal na gamit ng katotohanan ng Diyos sa bawat bagong kalagayan, kultura, o yugto ng panahon (cf. I Corinto 14:3).

E. Sila ay masigasig sa mga unang iglesiya ni Pablo (cf. I Corinto 11:4-5; 12:28,29; 13:29; 14:1,3,4,5,6,22,24,29,31, 32,37,39; Efeso 2:20; 3:5; 4:11; I Tesalonica 5:20) at binanggit sa *Didache* (naisulat noong huling bahagi ng unang siglo o ng pangalawang siglo, di-tiyak ang petsa) at sa Montanismo ng pangalawa at pangatlong siglo sa hilagang Aprika.

IV. Tumigil na ba ang mga kaloob sa NT?

A. Ang tanong na ito ay mahirap sagutin. Makakatulong na maliwanagan ang isyu sa pagbibigay kahulugan sa layunin ng mga kaloob. Sila ba ay ginagamit upang patunayan ang panimulang pangangaral ng ebanghelyo o sila ba ay nagpapatuloy na paraan para sa iglesiya upang paglingkuran ang sarili at ang nalugmok na mundo?

B. Tumitingin ba ang tao sa kasaysayan ng iglesiya upang sumagot sa tanong o ang NT mismo? Walang pahiwatig sa NT na ang mga espiritwal na kaloob ay pansamantala lamang. Silang nagtatangkang gamitin ang I Corinto 13:8-13 upang talakayin ang isyung ito ay inaabuso ang layunin ng may-akda sa mga talata, na nagbibigay-diin na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay lilipas.

C. Ako ay natutukso na sabihin na yamang ang NT, hindi ang kasaysayan ng iglesiya, ay ang awtoridad (o may kapangyarihan), ang mga mananampalataya ay kailangang manindigan na ang mga kaloob ay nagpapatuloy. Gayunman, ako ay naniniwala na ang kultura ay nakakaapekto sa pagbibigay ng kahulugan (interpretasyon). Ang ilan ay napaka-liwanag na mga teksto ay hindi na akma ngayon (i.e., ang banal na halik, mga kababaihang nagsusuot ng belo, mga iglesiyang nagpupulong sa mga tahanan, atbp). Kung ang kultura ay nakakaapekto sa mga teksto, gayundin, bakit hindi sa kasaysayan ng iglesiya?

D. Ito ay isang tiyak na tanong na hindi masasagot ng tahasan. Ang ilang mga mananampalataya ay magtataguyod

ng "paghinto" at ang iba ay "di-paghinto." Sa bahaging ito, tulad ng maraming isyung pangkahulugan, ang puso ng mananampalataya ang susi. Ang NT ay hindi malinaw at kultural. Ang kahirapan na mapagpapasyahan ang mga teksto ay apektado ng kultura/kasaysayan at kung saan ang para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng mga kultura (cf. Fee at Stuart's *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 14-19 at 69-77). Dito ay kung saan ang pagtalakay ng kalayaan at pananagutan, na makikita sa Roma 14:1-15:13 at I Corinto 8-10, ay napakahalaga. Kung paano nating masasagot ang tanong ay mahalag sa dalawang paraaan.

1. Ang bawat mananampalataya ay kailangang lumakad sa pananampalataya sa liwanag na kanilang taglay. Tinitingnan ng Diyos ang ating puso at mga motibo.
2. Ang bawat mananampalataya ay kailangang hayaan ang iba pang mga mananampalataya na lumakad sa kanilang pagkaunawa sa pananampalataya. Kailangang magkaroon ng pagpaparaya sa loob ng mga bibilikal na hangganan. Nais ng Diyos na tayo ay mag-ibigan sa bawa't-isa tulad ng Kanyang ginawa.

Sa paglalagaom ng isyu, ang Kristiyanismo ay isang buhay ng pananampalataya at pag-ibig, hindi isang perpektong teolohiya. Ang isang pakikipag-ugnayan sa Kanya na tumitimo sa ating pakikipag-ugnayan sa iba ay mas mahalaga kaysa pangkahulugang paksa o lubusang pagganap ng kautusan (kredo).

**11:28 "agkakagutom ng malaki sa buong sanglibutan. . .Claudio"** Ang ganitong heograpikong parirala ay tumutukoy sa Romanong Emperyo (cf. 17:6, 31; 19:27; 24:5). Si Claudio ay namuno mula sa A.D. 41-54. Siya ay sinundan ni Caligula at pagkatapos, si Nero. Maraming malubhang mga taggutom sa panahon ng kanyang pamumuno (cf. Suetonius, *Life of Caludius* 18:2). Ang pinakamalalang taggutom sa Palestina ay sa pagitan ng A.D. 44-48, sang-ayon kay Josephus, *Antiq.* 20.5.2.

**11:29 "ng mga alagad, ayon sa kaya ng bawa't isa, ay nangagpasiyang magpadala"** Ito ay isa sa pangunahing mga pamamaraan ng ang Hentil na mga iglesiya, na itaguyod ang pakikipag-ugnayan sa kanilang kapatid na iglesiya sa Herusalem. Ito ang nagtatakda isang huwaran sa mga Iglesiya ni Pablo (cf. 24:17; Roma. 15:2-28; I Corinto 16:1-4; II Corinto 8-9; Galacia 2:10).

**11:30 "ipinadala nila. . . sa mga matanda"** Ito ay ang unang pagkabanggit sa "mga matatanda" ng iglesiya (cf. 14:23; 15:2,4, 6, 22,23; 16:4; 20:17; 21:18). Ang terminong "mga matatanda" ay magkasingkahulugan sa mga terminong "mga tagapamahala," "mga obispo," at "mga pastor" (cf. Mga Gawa 20:17,28 at Tito 1:5,7). Ang terminong matanda (*presbuteros*) ay mayroong isang OT pangtribong kaligiran, habang ang tagapamahala (*episkopos*) ay mayroong isang Griyegong lungsod-bayan na pamahalaang kaligiran. Tila ito ay tumutukoy sa isang tiyak na pangkat ng mga pinuno sa iglesiya sa Herusalem (cf. 15:2,6,22,23). Ang mas malaking bahagi ng Hudyo sa NT, tulad ng Santiago at Hebreo, ay patuloy pa ring gumagamit ng Hudyong pagkakaunawa ng mas matandang, lokal na mga pinuno, ngunit hindi kinakailangang mga pastor.

▣ **"ni Bernabe at ni Saulo"** Mayroong maraming pagtalakay sa kung ang pagdalaw sa Herusalem na nabanggit sa Galacia 2:2,10 ay tumutukoy sa pagdalaw na ito o sa Konseho ng Herusalem na nabanggit sa Mga Gawa 15. Tayo ay may kakaunting nalalaman sa mga naunang buhay at ministeryo ni Pablo.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit tinanggap ng mga Hentil si Kristo bilang isang teolohikong suliranin?
2. Is pagsisisi ba ay isang kaloob ng Diyos (v. 18) o isang pangkasunduang pangangailangan (Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21)?
3. Bakit humayo at hinanap ni Bernabe si Saulo (Pablo)?

# MGA GAWA 12

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pinatay si Santiago at Ibini-langgo si Pedro | Karahasan ni Herodes sa Iglesiya | Pagpapahirap ni Herodes Agripa | Maraming pang pagpapahirap | Pagdakip kay Pedero at Malahimalang Pagkakalaya |
| 12:1-5 | 12:1-5 | 12:1-5 | 12:1-5 | 12:1-5 |
| Pagkakalaya ni Pedro sa Bilangguan | Pagkalaya ni Pedro sa Bilangguan | | Pinakawalan ni Pedro sa Bilangguan | |
| 12:6-17 | 12:6-19 | 12:6-11 | 12:6-10 | 12:6-11 |
| | | | 12:11 | |
| | | 12:12-17 | 12:12-15 | 12:12-17 |
| | | | 12:16-17 | |
| 12:18-19 | | 12:18-19 | 12:18-19a | 12:18-19 |
| | | | 12:19b | |
| Ang Pagkamatay ni Herodes | Malupit na Kamatayan | Kamatayan ni Herodes Agripa | Ang Kamatayan ni Herodes | Kamatayan ng Tagausig |
| 12:20-23 | 12:20-24 | 12:20-23 | 12:20 | 12:20-23 |
| | | | 12:21-23 | |
| | Pagtatalaga kina Bernabe at Saulo | Sina Bernabe at Saulo sa Chipre (12:24-13:12) | | Bernabe at Saulo ay Bumalik sa Antioquia |
| 12:24-25 | | 12:24-25 | 12:24 | 12:24 |
| | 12:25-13:3 | | 12:25 | 12:25 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

Ang saling-lahi ni Herodes ang Dakila (para sa mas maraming impormation, sumangguni sa indise ni Flavius Josephus sa *Antiquities of the Jews*).

I. Herodes ang Dakila
   A. Hari ng Judea (37-4 B.C.)
   B. Mateo 2:1-19; Lucas 1:5
II. Ang kanyang mga anak na lalaki
   A. Herodes Felipe (anak ni Marianne ng Simon)
      1. Asawa ni Herodias
      2. Tetrarka ng Iturea (4 B.C. - A.D. 34)
      3. Mateo 14:3; Marcos 6:17
   B. Herodes Felipe (anak ni Cleopatra)
      1. Tetrarka ng bahaging hilaga at kanluran ng Dagat ng Galilea (4 B.C. - A.D. 34)
      2. Lucas 3:1
   C. Herodes Antipas
      1. Tetrarka ng Galilea at Perea (4 B.C.- A.D. 39)
      2. Ang pumatay kay Juan de Bautista
      3. Mateo 14:1-12; Marcos 6:14,29; Lucas 3:19; 9:7-9; 13:31; 23:6-12,15; Mga Gawa 4:27; 13:1
   D. Archelo, Herodes ang Ethnarch
      1. Ang pinuno ng Judea, Samaria at Idumea (4 B.C. - A.D. 6)
      2. Mateo 2:22
   E. Aristobulo (anak ni Mariamne)
      1. ang kanya lamang anak ay si Herodes Agripa I
      2. Namuno sa lahat ng Palestina (A.D. 41-44)
      3. Pinatay si Santiago at ibinilanggo si Pedro
      4. Mga Gawa 12:1-24; 23:35
         (a) ang kanyang anak ay si Herodes Agripa II, Tetrarka ng hilagang hangganan (A.D. 50-70)
         (b) ang kanyang anak na babae ay si Bernice
            (1) kinkasama ng kanyang kapatid na lalaki
            (2) Mga Gawa 25:13-26:32
         (c) ang kanyang anak na babae ay si Drusilla
            (1) asawa ni Felix
            (2) Mga Gawa 24:24

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:1-5

**1Nang panahon ngang yaon ay iniunat ni Herodes ang kaniyang mga kamay upang pahirapan ang ilan sa iglesiya.
2At pinatay niya sa tabak si Santiago na kapatid ni Juan. 3At nang makita niya na ito'y ikinatutuwa ng mga Hudyo, ay
kaniya namang ipinagpatuloy na hulihin si Pedro. At noo'y mga araw ng mga tinapay na walang lebadura. 4At nang
siya'y mahuli na niya, ay kaniyang inilagay siya sa bilangguan at siya'y ibinigay sa apat na tigaapat na kawal upang siya'y
bantayan; na inaakalang siya'y iharap sa bayan pagkatapos ng Paskua. 5Kaya nga't si Pedro ay iningatan sa bilangguan:
datapuwa't ang iglesiya ay maningas na dumalangin sa Diyos patungkol sa kaniya.**

**12:1 "Herodes"** Ito ay tumutukoy kay Herodes Agripa I. Siya ay namuno sa iba't-ibang mga lugar ng Palestina mula sa A.D. 37-44. Siya ay lumaki sa Roma at naging kaibigan si Gayo, na tagasunod ng Emperador Tiberio at na naging naging ang Emperador Caligula. Ang mga Hudyo ay kusang tinanggap si Herodes bilang isang pinuno dahil kanyang lola (Mariamne) na isang Hasmoneano/Maccabeo (i.e., Hudyong makabayan) na prinsesa. Siya ay isang mahigpit na tagasunod ng Judaismo (ngunit maaaring para sa pampulitikang mga layuinin). Para sa isang lubusang pagtalakay ng Herodes na ito, tingnan si Josephus' *Antiq.* 19.7.3; 19.8.2.

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

▣ **"upang pahirapan ang ilan sa iglesiya"** Ginawa ito ni Herodes upang makakuha ng suporta at pagsang-ayon mula sa Hudyong pamunuan (cf. vv. 3,11). Ang mga Romanong pinuno ay ganito rin ang ginawa (cf. 24:27; 25:9).

Ginagamit ni Lucas ang terminong ito nang maraming beses (cf. 7:6,19; 12:1; 14:2; 18:10). Ito ay isang karaniwan termino sa Septuagint para sa pinagmamalupitan. Ang talasalitaan ni Lucas ay labis na naimpluwensyahan ng Septuagint.

**12:2 "pinatay niya sa tabak si Santiago na kapatid ni Juan"** Ito ay tumutukoy kay Apostol Santiago, na kapatid ni Juan (cf. Lucas 5:10; 6:14; 8:51; 9:28,54). Siya ay kabilang sa panloob na pangkat ng mga alagad (cf. Mateo 17:1; 26:37; Marcos 5:37; 9:2; 14:33; Lucas 9:28). Kung bakit namatay si Santiago at si Pedro ay nakaligtas ay isang hiwaga ng Diyos. Ang pagpugot sa ulo gamit ang isang tabak ay ang karaniwang paraan ng parusang kamatayan para sa mga Romanong mamamayan, ngunit ito ay tila kasuklam-suklam sa mga Hudyo.

Ito ay nakakawili na sa panahong ito ang sinaunang iglesiya ay hindi naisip ang ang pangangailangang palitan si Santiago tulad ng ginawa nila kay Judas (cf. 1:15-20). Ang mga dahila ay di-maliwanag, ngunit maaaring ito ay sa kataksilan ni Judas, hindi kamatayan, na nagbunga ng pagpapalit (cf. 1:15-26).

Ang ilang ay maaaring magpahayag na si ang pagtawag ni Pablo kay Santiago, kalahating kapatid ni Hesus at pinuno ng iglesiya sa Hesusalem, isang apostol (cf. Galacia 1:19) ay nagpapahayag ng pagpapalit. Ang katanungan ay nag-uugnay sa pampamunuang kalalagayan ng ang orihinal na Labindalawa laban sa nagpapatuly na kaloob ng pagka-apostol (cf. Efeso 4:11).

Ang pagbasa kay James D. G. Dunn, *Unity and Diversity of the New Testament* ay nagbunga sa aking na mag-isip patungkol sa maaaring iba't-ibang balangkas ng awtoridad ng unang siglong iglesiya.

1. ang mga Apostol sa Herusalem
2. ang pangloob na pangkat (Pedro, Santiago, Juan) ng mga Apostol
3. si Santiago ang kalahating kapatid ng Panginoon, na namuno sa iglesiya sa Herusalem
4. ang Pito (Mga Gawa 6) na mga pinuno ng mga nagsasalita ng Griyegong Hudyo
5. kinalaunan, sina Pablo at Bernabe at kanilang pagpapadala sa iglesiya sa Antioquia ng Siria

Maaaring maidagdag dito ang mga sekta na kaugnay sa Kristiyanismo, mga Judaizer, mga Gnostiko, mga Ebionito. Ang bawat isa sa kanila ay mayroon din kanilang sariling pamunuan. Ang pagkakaisa na kadalasang tinutukoy ni Lucas sa gitna ng mga Kristiyano ay mahirap na mapanatili. Ang pangangaral kay Hesus at ang Banal na Kasulatan ay may sapat na kalabuan upang hayaan ang napakaraming pagbibigay kahulugan. Ito ay ang dahilan na ang "tuntunin ng pananampalataya" ay umulad sa unang mga siglo. Kailangang magkaroon ng isang pamantayan upang suriin ang teolohiya ng isang pangkat. Ang dinamikong paggabay ng Espiritu na pagbibigay-diin ng NT ay naging isang maayos na kayarian ng mga sentro sa silangan at kanlurang iglesiya. Ang orthodoxy ay isang mahalagang isyu para sa mga salinglahi na naialis mula sa Nagtatag at mga nagpatotoong nakasaksi.

**12:3 "hulihin si Pedro"** Ito ang pangatlong pagdakip kay Pedro (cf. 4:3; 5:18). Ang mga Kristiyano ay hindi maiiwas sa pag-uusig.

▣ **"araw ng mga tinapay na walang lebadura"** Ito ay tumutukoy sa Pista ng Paskwa (cf. v. 4), na kasama ng Pista ng Tinapay na walang lebadura, na magtatagal na walong araw (cf. Exodo 12:18; 23:15; Lucas 22:1). Kapwa ay ipinagdiriwang ang pagkakalaya ng Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Ito ay ipinagdiriwang sa Nissan 14-21, na sa atin ay Marso o Abril, na nakabatay sa kalendaryong ukol sa buwan ng Hudyo.

**12:4 "apat na tigaapat na kawal"** Ito ay nangangahulugang apat na pangkat ng sundalo apat na beses isang araw, o labing-anim na lalaki. Ang bilang ay nagpapakita ng pag-aalala ni Herodes sa maaaring pagtakas ni Pedro(cf. 5:19).

**12:5 "ang iglesiya ay maningas na dumalangin sa Diyos patungkol sa kaniya"** Ang iglesiya ay nananalangin (cf. v. 12), ngunit magugulat kapag sumagot ang Diyos! "Mataimtim" ay isang napakatinding PANG-ABAY (cf. Lucas 22:44). Ito ay ginamit lamang ng tatlong beses sa NT (cf. I Pedro 1:22).

## NATATANGING PAKSA: ANG PANALANGING NAMAMAGITAN

I. Panimula
   A. Ang panalangin ay mahalaga dahil sa halimbawa ni Hesus
      1. Pansariling panalangin, Marcos 1:35; Lucas 3:21; 6:12; 9:29; 22:31-46
      2. Paglilinis ng Templo, Mateo 21:13; Marcos 11:17; Lucas 19:46
      3. Tutularang panalangin, Mateo 6:5-13; Lucas 11:2-4
   B. Ang panalangin ay paglalagak sa tiyak na pagkilos ang ating pananampalataya sa isang personal, mapagkalingang Diyos na sa ating harapan, nakahanda, at may kakayahang kumilos sa ganang atin at sa iba, sa pamamagitan ng ating mga pangalangin.
   C. Ang Diyos ay may pangsariling pagtatakda sa Kanyang sarili upang kumilos sa mga panalangin ng Kanyang mga anak sa maraming saklaw (cf. Santiago 4:2)
   D. Ang pangunahing layunin ng panalangin ay ang ating pakikipag-ugnayan at panahon kasama ang Trinidad na Diyos.
   E. Ang saklaw ng panalangin ay kahit ano o kahit na sino na may kinalaman sa mga mananampalataya. Maaari tayong

manalangin nang minsan, na nananampalataya, o paulit-ulit ang kaisipan o pangangailangan ay bumabalik.

F. Ang Panalangin ay kinapapalooban ng maraming sangkap
   1. pagpuri at pagsamba sa Trinidad na Diyos
   2. pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang presensya, pakikipag-ugnayan, at pagtutustos ng pangangailangan
   3. paghahayag ng ating pagiging makasalanan, kapwa sa nakalipas at kasalukuyan
   4. pagsusumamo para sa ating mga nadamang mga pangangailangan o mga pagnanais
   5. tagapamagitan sa ating mga pinanghahawakang mga pangangailangan ng iba sa harapan ng Ama

G. Ang panalangin ng pamamagitan ay isang hiwaga. Iniibig ng Diyos ang ating mga pinapanalangin na higit kaysa sa atin, gayunman, ang ating mga panalangin ay kadalasang gumagawa ng isang pagbabago, pagtungon, o pangangailangan, hindi lang sa ating mga sarili, kundi sa kanila.

II. Biblikal na Sangkap

A. Lumang Tipan
   1. Ilang mga halimbawa ng panalanging pamamagitan:
      a. Pagsusumamo ni Abraham para sa Sodom, Genesis 18:22ff
      b. Mga panalangin ni Moises para sa Israel
         (1) Exodo 5:22-23
         (2) Exodo 32:31ff
         (3) Deuteronomio 5:5
         (4) Deuteronomio 9:18,25ff
      c. Si Samuel ay nanalangin para sa Israel:
         (1) I Samuel 7:5-6,8-9
         (2) I Samuel 12:16-23
         (3) I Samuel 15:11
      d. Si David para sa kanyang anak, II Samuel 12:16-18
   2. Ang Diyos ay naghahanap ng mga tagapamagitan, Isaias 59:16
   3. Ang batid, hindi napagsisihang kasalanan o ang ugaling walang pagsisisi ay nakakaapekto sa ating mga panalangin
      a. Awit 66:18
      b. Kawikaan 28:9
      c. Isaias 59:1-2; 64:7

B. Bagong Tipan
   1. Ang gawaing pamamagitan ng Anak at Espiritu
      a. Hesus
         (1) Roma 8:34
         (2) Hebreo 7:25
         (3) I Juan 2:1
      b. Banal na Espiritu, Roma 8:26-27
   2. Ang gawaing pamamagitan ni Pablo
      a. Mga panalangin para sa mga Hudyo
         (1) Roma 9:1ff
         (2) Roma 10:1
      b. Mga panalangin para sa mga iglesiya
         (1) Roma 1:9
         (2) Efeso 1:16
         (3) Filipos 1:3-4,9
         (4) Colosas 1:3,9
         (5) I Tesalonica 1:2-3
         (6) II Tesalonica 1:11
         (7) II Timoteo 1:3
         (8) Filemon, v. 4
      c. Si Pablo ay humiling sa mga iglesiya na siya ay ipanalangin
         (1) Roma 15:30
         (2) II Corinto 1:11
         (3) Efeso 6:19
         (4) Colosas 4:3
         (5) I Tesalonica 5:25
         (6) II Tesalonica 3:1
   3. Ang gawaing pamamagitan ng iglesiya
      a. Panalangin sa isa't-isa
         (1) Efeso 6:18

(2) I Timoteo 2:1
(3) Santiago 5:16
b. Panalanging ipinamamanhik para sa mga natatanging pangkat
(1) Ating mga kaaway, Mateo 5:44
(2) Mga Kristiyanong manggagawa, Hebreo 13:18
(3) Mga namumuno, I Timoteo 2:2
(4) Sa may-sakit, Santiago 5:13-16
(5) Sa mga tumalikod, I Juan 5:16

III. Mga batayan para sa mga tinugunang panalangin
A. Ang ating pakikipag-ugnayan kay Kristo at sa Espiritu
1. Manatili sa Kaniya, Juan 15:7
2. Sa Kanyang pangalan, Juan 14:13,14; 15:16; 16:23-24
3. Sa Espiritu, Efeso 6:18; Judas 20
4. Ayon sa kalooban Diyos, Mateo 6:10; I Juan 3:22; 5:14-15
B. Mga Dahilan
1. Hindi nag-aalinglangan, Mateo 21:22; Santiago 1:6-7
2. pakumbabaan at pagsisisi, Lucas 18:9-14
3. Maling paghingi, Santiago 4:3
4. Pagiging makasarili, Santiago 4:2-3
C. Ibang mga aspeto
1. Kasigasigan
a. Lucas 18:1-8
b. Colosas 4:2
2. Palaging paghingi
a. Mateo 7:7-8
b. Lucas 11:5-13
c. Santiago 1:5
3. Hindi pagkakasundo sa tahanan, I Pedro 3:7
4. Malaya sa mga batid na kasalanan
a. Awit 66:18
b. Kawikaan 28:9
c. Isaias 59:1-2
d. Isaias 64:7

IV. Teolohikong Paglalagom
A. Anong isang tanging karapan. Anong isang pagkakataon. Anong isang tungkulin at pananagutan
B. Si Hesus ang ating halimbawa. Ang Espiritu ay ating gabay. Ang Ama ay masugid na naghihintay.
C. Maaari itong makapagpabago sa iyo, iyong pamilya, iyong mga kaibigan, at sa sanglibutan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:6-17

**6At nang siya'y malapit nang ilabas ni Herodes, nang gabi ring yaon ay natutulog si Pedro sa gitna ng dalawang
kawal, na nagagapos ng dalawang tanikala: at ang mga bantay sa harap ng pintuan ay nangagbabantay ng bilangguan.
7At narito, tumayo sa tabi niya ang isang anghel ng Panginoon, at lumiwanag ang isang ilaw sa silid na kulungan: at
tinapik si Pedro sa tagiliran, at siya'y ginising, na sinasabi, Magbangon kang madali. At nangalaglag ang kaniyang mga
tanikala sa kaniyang mga kamay. 8At sinabi sa kaniya ng anghel, Magbigkis ka, at itali mo ang iyong mga pangyapak. At
gayon ang ginawa niya. At sinabi niya sa kaniya. Isuot mo sa iyo ang damit mo, at sumunod ka sa akin. 9At siya'y
lumabas, at sumunod; at hindi niya nalalaman kung tunay ang ginawa ng anghel kundi ang isip niya'y nakakita siya ng
isang pangitain. 10At nang kanilang maraanan na ang una at ang pangalawang bantay, ay nagsirating sila sa pintuang-
bakal na patungo sa bayan; na kusang nabuksan sa kanila: at sila'y nagsilabas, at nangagpatuloy sa isang lansangan; at
pagdaka'y humiwalay sa kaniya ang anghel. 11At nang si Pedro ay pagsaulian ng isip, ay kaniyang sinabi, Ngayo'y
nalalaman kong sa katotohanan ay sinugo ng Panginoon ang kaniyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa
buong pagasa ng bayan ng mga Hudyo. 12At nang siya'y makapagnilay na, ay naparoon siya sa bahay ni Maria na ina ni
Juan na may pamagat na Marcos; na kinaroroonan ng maraming nangagkakatipon at nagsisipanalangin. 13At nang
siya'y tumuktok sa pintuang-daan, ay lumabas upang sumagot, ang isang dalagang nagngangalang Rode. 14At nang
makilala niya ang tinig ni Pedro, sa tuwa'y hindi niya binuksan ang pintuan, kundi nagtakbo sa loob, ipinagbigay-alam
na nakatayo si Pedro sa harap ng pintuan. 15At kanilang sinabi sa kaniya, Nauulol ka. Datapuwa't buong tiwala niyang
pinatunayan na gayon nga. At kanilang sinabi, na yao'y kaniyang anghel. 16Datapuwa't nanatili si Pedro nang
pagtuktok: at nang kanilang buksan, ay nakita nila siya, at sila'y nangamangha. 17Datapuwa't siya, nang mahudyatan
sila ng kaniyang kamay na sila'y tumahimik, ay isinaysay sa kanila kung paanong inilabas siya ng Panginoon sa**

**bilangguan. At sinabi niya, Ipagbigay-alam ninyo ang mga bagay na ito kay Santiago, at sa mga kapatid. At siya'y umalis, at napasa ibang dako.**

**12:6 "nang gabi ring yaon"** Ang mga sulat ni Lucas ay kinakikitaan ng mga pahiwating ng panahon (cf. vv. 3,4,5,6,7,8,10,18). Ngunit mag-ingat sa pagbibigay-kahulugan nito bilang kanluranin, magkakasunod, sunod-sunod na kasaysayan. Si Lucas ay mayroong isang teolohikong ebandyelikong layunin.

▣ **"sa gitna ng dalawang kawal"** Ang talatang ito ay nagpapakita ng pagiging imposible sa pagtakas ni Pedro. Ito ay halos inaasahan na tila may pagtatangkang siya ay palayain (cf. 5:19).

**12:7 "tumayo sa tabi niya ang isang anghel ng Panginoon"** Ito ay di-karaniwang na ang higit sa karaniwang pamamagitan ng anghel ng Panginoon (cf. 5:19; 7:30,35,38,53; 8:26; 10:3,7,22) at ang Banal na Espiritu (cf. 8:29,39; 10:19) ay nagpapalitan sa lahat ng dako ng aklat ng Mga Gawa. Tila ang Espiritu ay nagsasalita ng panloob, ngunit ang anghel ay isang panlabas na pisikal na pagpapahayag. Ito ay nakakawili na makita ang pagsaama ng likas at ang higit sa karaniwan sa talang (katulad ng mga salot sa Exodo).

▣ **"Magbangon kang madali"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS PAUTOS na nangangahulugang madaliang pagkilos. Bakit nagmamadali ang anghel? Wala ba siyang kapangyarihan sa mga pangyayari?

**12:8 "Magbigkis ka, at itali mo ang iyong mga pangyapak"** Ang mga ito ay kapwa AORIST NA PANGGITNANG MGA PAUTOS.

▣ **"Isuot mo sa iyo ang damit mo, at sumunod ka sa akin"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG PAUTOS na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUHOS. Ang anghel ay totoong nagmamadali sa pagtupad ng kanyang tungkulin! Ito ay isang kinakabahang anghel!

**12:9** Si Pedro ay di-tiyak kung ito ay isang pangitain, panaginip, o katotohanan (cf. v. 11-12; 10:17,19; 11:5).

**12:11 "nang si Pedro ay pagsaulian ng isip"** Si Lucas ay gumagamit ng isang katulad na parirala sa paglalarawan ng Alibughang Anak (cf. Lucas 15:17). Pagkadaka'y ang katotohanan ng karanasan at ang mga pahiwatig nito ay sumilid sa isipan niya (cf. v. 12).

**12:12 "ang bahay ng Maria"** Maria ay isang napakakaraniwang pangalan. Mayroong maraming Maria na nabanggit sa mga Ebanghelyo.

1. ang ina ni Hesus (cf. Lucas 1:27)
2. Maria ng Magdala, isang alagad mula sa Galilea (cf. Lucas 8:2; 24:10)
3. ina nina Santiago at Juan (cf. Lucas 24:10)
4. kapatid nina Martha at Lazarus (cf. Lucas 10:39,42)
5. asawa ni Cleophas (cf. Juan 19:25)
6. ina ni Juan Marcos (dito)

▣ **"sa bahay ni Maria"** Ito ay tumutukoy sa ina ni Juan Marcos. Ang sinaunang iglesiya ay nagtatagpo sa bahay ng pamilyang ito sa Herusalem (cf. Mga Gawa 12:12). Ito ay din ang lugar ng tatlong pagpapakita ng Panginoon pagkatapos ng muling pagkabuhay at ang pagdating ng Espiritu sa Pentecostes.

Si Juan Marcos ay sinamahan si Pablo at kanyang pinsang si Bernabe (cf. Colosas 4:10) sa unang pang-misyong paglalakbay (cf. Mga Gawa 12:25-13:13). Sa ilang dahilan pinabayaan niya ang pangkat at bumalik sa tahanan (cf. Mga Gawa 15:38). Nais ni Bernabe na isama siya sa pangalawang pang-misyong paglalakbay, ngunit tumanggi si Pablo (cf. Mga Gawa 15:36-41). Ito ay nagbunga ng paghihiwala nina Pablo at Bernabe. Isinama ni Bernabe si Juan Marcos sa Chipre (cf. Mga Gawa 15:39). Nang lumaon, habang si Pablo ay nasa bilangguan, binanggit niya si Juan Marcos sa isang positibong paraan (cf. Colosas 4:10) at pagkatapos din sa pangalawang pagkakabilanggo ni Pablo sa Roma, bago ang kanyang kamatayan, nabanggit niya muli si Juan Marcos (cf. II Timoteo 4:11).

Tila si Juan Marcos ay naging bahagi ng pang-misyong pangkat ni Pedro (cf. I Pedro 5:13). Ang *Eccl. His.* 3.39.12 ni Eusebio ay nagbibigay sa atin ng isang nakakawili tala ng ugnayan ni Juan Marcos kay Pedro.

> "Sa kanyang sariling aklat, si Papias ay nagbibigay sa atin ng mga salaysay ng mga winika ng Panginoon na kinuha mula kay Aristion o natutuhan nang tuwiran mula sa matandang Juan. Sa pagdala ng mga bagay na ito sa kaalaman ng mga iskolar, kailangan kong tingnan muli ang mga pahayag na nasipi mula sa kanya na may isang pirasong impormasyon na kanyang inilatag patungkol kay Marcos, ang manunulat ng ebanghelyo:
>
> Ang matandan ring ito ay palaging sinasabi. 'Si Marcos, na naging tagapagsalin ni Pedro, ay maingat na isinulat, ngunit hindi sa pagkakasunod-sunod, ang lahat nang kanyang naaalala sa mga sinabi at ginawa ng Panginoon. Bagaman hindi niya narinig ang Panginoon o naging Kanyang mga tagasunod, ngunit pagkatpoas, gaya ng sinabi ko,

ang isa ay kay Pedro. Ginamit ni Pedro ginamit upang iakma ang kanyang katuruan sa pagkakataon, na hindi gumagawa ng isang sistematikong kaayusan ng mgs wika ng Panginoon, upang si Marcos ay lubhang mapangatwirana ang pagsulat ilang mga bagay tulad ng kanyang naaalala sa kanila. Para sa kanya ay may isang layunin lamang—walang iiwan sa kanyang narinig, at gawing walang maling pahayag patungkol dito'" (p. 152).

Ang siping ito ni Papias ay tumutukoy kay "Juan ang matanda." Si Irenaeo ay nagsabing "at ang mga bagay na ito ay naging saksi sa mga kasulatan sa pamamagitan ni Papias, ang tagapakinig ni Juan, at isang kasamahan ni Polycarp." Ito ay nagpapahiwatig na si Papias ay narinig ito mula kay Juan ang Apostol.

▣ **"sa kinaroroonan ng maraming nangagkakatipon at nagsisipanalangin"** Ang gramatikong mga anyo ng ng mga salitang ito ay naghahayag na ang iglesiya ay nagtipon at nagnanais na manatiling sa panalangin (GANAP NA BALINTIYAK NA KATAGA na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent] KATAGA).

**12:13 "pintuang-daan"** Ito ay isang maliit na pintuan sa daan. Mayroong isang mas malaking pintuan sa taas.

▣ **"Rode"** Ang kayang pangalan ay nangangahulugang "rosas." Ito ay di-tiyak kung siya ay nagtatrabaho para sa mga naninirahan o ay isang kasapi ng panalanging pagpupulong.

**12:15 "Nauulol ka"** Ang iglesiya ay nananalangin para sa pagkilos ng Diyos, ngunit sila ay lubusang nagulat (cf. v. 16) nang Kanyang ginawa.

▣ **"kanilang sinabi"** Mayroong dalawang DI-GANAP NA TAHAS NA MGA INDIKATIBO sa kontekstong ito, na nagpapahiwatig na ang pagpapatunay ni Rode at ang pagtugon sa ilang nasa pagtitipon sa pananalangin sa itaas na silid ay nangyari nang mahigit isang beses.

▣ **"yao'y kaniyang anghel"** Ang mga anghel ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa mga sulat ni Lucas. Tila ang mga Hudyo ay naniniwala na ang anghel na tagabantay ay maaaring kumuha ng kanilang pisikal na anyo (para sa isang mabuting pagtalakay ng Hudyong mga pinagmulan at paniniwala patungkol sa mga tagabantay na anghel, tingnan ang *Encyclopaedia Judaica*, tomo 2, p. 963). Walang batayan sa Banal na Kasulatan para sa paniniwalang ito. Ang pagpapaunlad ng angelohiya ay nagmula sa ang konseptong ng *fravashi* sa Zoroastrianismo. Maraming mga rabinikal na angelohiya ay masusundan sa Persyanong impluwensya nito. Mayroong ilang katibayan sa Bibliya para sa mga tagabantay na anghel para sa bagong mga mananampalataya (cf. Mateo 18:10). Ang mga anghel ay mga tagapaglingkod ng tinubos (cf. Hebreo 1:14).

**12:17 "nang mahudyatan sila ng kaniyang kamay na sila'y tumahimik"** Ito ay maliwanag na isang detalye ng isang nakasaksi (cf. 13:16). Itinala ni Lucas ang paggalaw na ito nang maraming beses (cf. 13:16; 19:33; 21:40).

▣ **"Ipagbigay-alam ninyo ang mga bagay na ito kay Santiago, at sa mga kapatid"** Ito ay nagpapakita na si Santiago, ang kapatid ni Hesus sa ina, ay pinuno na ng iglesiya sa Herusalem (cf. 15:13-21).

## NATATANGING PAKSA: SANTIAGO, AT KAPATID SA INA NI HESUS

A. Siya ay tinawag na "Santiago ang Matuwid" at sa huli siya ay tinawag na "mga tuhod ng kamelyo" dahil sa palagian niyang pananalangin na nakaluhod (mula kay Hegesippus, sinipi ni Eusebio).
B. Santiago ay hindi isang mananampalataya hanggang pagkatapos nang muling pagkabuhay (cf. Marcos 3:21; Juan 7:5). Nagpakita si Hesus sa kaniya nang personal pagkatapaos nang muling pagkabuhay (cf. I Corinto 15:7).
C. Siya ay nandoon sa itaas na silid kasama ang mga alagad (cf. Mga Gawa 1:14) at maaari ding kasama siya nang dumating ang Espiritu sa Pentecostes.
D. Siya ay may asawa (cf. I Corinto 9:5).
E. Siya ay tinutukoy na isang haligi ni Pablo (maaaring isang apostol, cf. Galacia 1:19) ngunit ay hindi isa sa Labindalawa (cf. Galacia 2:9; Mga Gawa 12:17; 15:13ff).
F. Sa *Antiquities ng the Jews*, 20.9.1, sinabi ni Josephus na siya pinagbabato noong A.D. 62 sa pamamagitan ng mga utos mula sa mga Sadduceo ng Sanhedrin, habang sa ibang tradisyon (ang pangalawang siglong manunulat, Clement ng Alexandria o Hegesippus) ay sinabing siya ay itinulak sa pader ng Templo.
G. Sa maraming salin-lahi pagkaraan ng kamatayan ni Hesus isang kamag-anak ni Hesus ay naitalagang pinuno ng iglesiya sa Herusalem.

▣ **"napasa ibang dako"** Walang sinuman ang nakakaalam kung saan pumunta si Pedro, ngunit ay tila siya ay hindi pumunta sa Roma na gaya ng ipinagpapalagay ng iba dahil siya ay nandoon sa Konseho ng Herusalem na naitala sa Mga

Gawa 15.

Kahit na ang Diyos ay pinalaya si Pedro sa higit sa karaniwang pamamaraan, hindi nito ipinapahiwating na siya ay hindi mag-iingat o umasa sa mahimalang pamamagitan bawat oras. Tandaang si Santiago ay pinatay! Si Pedro ay nagpadala din ang salita sa iglesiya sa inaasahang mas pisikal na pag-uusig dahil sa kanyang pagkakalaya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:18-19

**18Nang maguumaga na ay hindi kakaunti ang kaguluhang nangyari sa mga kawal, tungkol sa kung anong nangyari kay Pedro. 19At nang siya'y maipahanap na ni Herodes, at hindi siya nasumpungan, ay siniyasat niya ang mga bantay, at ipinagutos na sila'y patayin. At siya buhat sa Judea ay lumusong sa Cesarea, at doon tumira.**

**12:18 "hindi kakaunti ang kaguluhang nangyari"** Ito ay nakakawili na si Lucas ay nagpahayag ng mga bagay sa ang salungat, kadalasang sa maliit na pagpapahalaga (*understatement*) (cf. 12:18; 15:2; 19:11,23,24; 20:12; 26:19,26; 27:30; 28:2, tingnan ang tala sa ibaba #8, p. 134, ng G. B. Caird, *The Language and Imagery of the Bible*). Ang pampanitikang katangiang ito ay di-kilala sa Hebreong panitikan, ngunit ay ginamit kadalasang sa Griyegong panitikan. Si Lucas ay mataas ang pinag-aralan sa Griyego!

**12:19 "siniyasat niya ang mga bantay, at ipinagutos na sila'y patayin"** Ito ay ang implikasyon ng teksto (cf. NKJV, NRSV, TEV), ngunit ito ay hindi inihayag nang malinaw (cf. NJB). Ang ilang mga salin ay gumagamit ng italiko upang makilala ang mga salitang wala sa Griyegong teksto. Kung ang isang bantay ay natakasan ng kanyang bilanggo, siya ang magtatangan ng kaparusahan ng bilanggo (cf. 16:27; 27:42, Kodigo ni Justiniano 9.4.4).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:20-23

**20At galit na galit nga si Herodes sa mga taga Tiro at taga Sidon: at sila'y nangagkaisang pumaroon sa kaniya, at, nang makaibigan na nila si Blasto na katiwala ng hari, ay kanilang ipinamanhik ang pagkakasundo, sapagka't ang lupain nila'y pinakakain ng lupain ng hari. 21At isang takdang araw ay nagsuot si Herodes ng damit-hari, at naupo sa luklukan, at sa kanila'y tumalumpati. 22At ang bayan ay sumigaw, Tinig ng diyos, at hindi ng tao. 23At pagdaka'y sinaktan siya ng isang anghel ng Panginoon, sapagka't hindi niya ibinigay ang kaluwalhatian sa Diyos: at siya'y kinain ng mga uod, at nalagot ang hininga.**

**12:20 "galit na galit nga si Herodes sa mga taga Tiro at taga Sidon"** Si Herodes ay galit na galit at nagpatuloy na maging ganito (PAIKUT-IKOT NA DI-GANAP). Ang tiyak na pangkasaysayang pangyayari at tao ay hindi kilala sa kasaysayan, ngunit ang rehiyon ng Tiro at Sidon ay nakabatay sa pang-agrikulturang produkto mula sa lugar ng Galilea (cf. I Mga Hari 5:11; Ezra 3:7; at maaaring Ezekiel 27:17).

**12:21 "isang takdang araw ay nagsuot si Herodes ng damit-hari"** Ito ay nangyari noong A.D. 44. Para sa isang mas buong tala ng pangyayaring ito, tingnan ang *Antiq*. 19.8.2 ni Josephus (isinalin ni William Whiston, Kregal).

> "Sa isang pista, sa karamihan ng maraming tao ay nagtipon ang mga pangunahing mga tao, na may kapita-pitagan sa kanyang lalawigan. Sa pangalawang araw ay nagpapakita siya ng pagsuot ng isang malabal na gawa nang lubusan sa sa pilak, at ng isang kontekstyur na totoong kahanga-hanga , at dumating sa teatro nang maagang umaga; kung saan sa panahong iyon, ang pilak ng kanyang balabal ay umaaninag ang sariwang pagningning ng sinag ng araw dito, na kumikinang sa nakakabiglang paraan, at ay lubhang kumikinang na gaya ng pagkalat ng isang malaking takot sa kanilang sadyang tumitingin sa kanya: at ngayon, ang kanyang mga tagapagpuri ay sumigaw nang malakas, isa mula sa isang lugar, at isa pang mula sa ibang dako, (bagaman hindi para sa kanyang ikakabuti,) na siya ay isang diyos: at idinagdag nila,—'Mahabag kayo sa atmi; kahit na iginagalang ka lang namin bilang isang tao, ngunit samakatuwid ay aariin ka namain bilang mas mataas sa pantaong kalikasan.' Sa oras na ito, ang hari ay hindi sila pinagbawalan, o itinananggi ang kanilang di-maka-Diyos na pagmamapuri. Ngunit, habang siya pagkatapos ay tumingin sa itaas, nakita niya ang isang kwago na nakaupo sa isang lubid sa ibabaw ng kanyang ulo, at kagyat na naunawaan na ang ibong ito ay ang mensahero ng masamang kapalaran, gaya ng ito ay minsang naging mensahero mabuting mga kapalaran sa kanya; at natumba sa isang napakalalim na pighati. Isang napakatinding kiros din ang naramdaman sa kanyang tiyan, at nagsimula sa isang napakasakit na paraan. Siya samakatuwid ay tumingin sa kanyang mga kaibigan, at nagsabi,—'Ako, na tinatawag niyong isang diyos, ay inutusan ngayon na lisanin ang buhay na ito; habang ang Kalooban ng Diyos ay sinusumbatan ang kasinungalingan ng mga salitang inyo ngayong sinabi sa akin; at ako, na tinawag ninyong imortal, ay pinapadali ng kamatayan'" (p. 412).

Ang init ng ulo at ang pisikal na kalagayan ni Herodes na kasama dito ay inilalarawan din sa kakila-kilabot na detalye sa *Antiq*. 17:6:5.

Ang *Jerome Biblical Commentary* (tomo 2, p. 191) na ipinagbibigay-alam sa atin ang mga kakila-kilabot na detalye ng isang kamatayan ng tao ay paraan ng sinaunang manunulat upang ipakita ang mangyayari sa mga sumasalungat sa Diyos.

1. Antiochus IV Epiphanes – II Macabeo 9:5-18
2. Herodes ang Dakila – Josephus, *Antiq*. 17.6.5

**12:23 "isang anghel ng Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa Anghel ng Kamatayan (cf. Exodo 12:23; II Samuel 24:16; II Mga Hari 19:35). Ang kamatayan ay sa mga kamay ng Diyos, hindi kay Satanas. Ito ay isang halimbawa ng pansamantang paghatol.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:24

**[24]Datapuwa't lumago ang salita ng Diyos at dumami.**

**12:24** Ito ay isang katangiang pang-Lucas na buod na pahayag (cf. 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20; 28:31).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:25

**[25]At nagbalik na galing sa Herusalem si Bernabe at si Saulo, nang maganap na nila ang kanilang ministerio, na kanilang isinama si Juan na may pamagat na Marcos.**

**12:25** Ito ang pagsisimula ng tala ng pang-misyong mga paglalakbay ni Pablo. Mayroong isang tekstwal na pagkakaiba sa talatang ito na nag-uugnay kung sila ay babalik "sa" Herusalem (cf. *eis*, MSS א at B) o "mula sa" Herusalem (cf. *apo*, MS D o *ek*, MSS P[74], A). Chapter 13 ay nagsisimula kasama sina Bernabe at Saulo sa Antioquia ("mula sa Herusalem sa Antioquia," cf. MS E at Lumang Latin, Syrian, at Coptic na mga salin).

▣ **"Marcos"** Tingnan ang tala sa "Mga Taong nabanggit," Panimula ng Mga Gawa 16.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit iniligtas ng Diyos si Pedro at hindi si Santiago?
2. Ang nagtitipong iglesiya ba ay nagulat nang matugunan ang kanilang mga panalangin? Ipaliwanag ang implikasyon.
3. Kinakailangan ba ng mga mananampalataya mga anghel kung sila ay pinananahan na ng Banal na Espiritu?

# MGA GAWA 13

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Sina Bernabe at Saulo ay inatasan | Sina Bernabe at Saulo ay Itinalaga | Sina Bernabe at Saulo sa Chipre | Sina Bernabe at Saulo ay Pinili at Pinadala | Ang Misyong Ipinadala |
| | (12:25-13:3) | (12:23-13:12) | | |
| 13:1-3 | | 13:1-3 | 13:1-2 | 13:13 |
| | | | 13:3 | |
| Ang mga Apostol ay Nangaral sa Chipre | Pangangaral sa Chipre | | Sa Chipre | Chipre: Ang Salamangkerong si Elimas |
| 13:4-12 | 13:4-12 | 13:4-12 | 13:4-5 | 13:4-5 |
| | | | 13:6-11a | 13:6-12 |
| | | | 13:11b-12 | |
| Pablo at Bernabe sa Antioquia ng Pisidia | sa Antioquia ng Pisidia | Paglalakbay sa Antioquia ng Pisidia at Iconio | Sa Antioquia saPisidia | Sila ay Dumating Antioquia sa Pisidia |
| 13:13-16a | 13:13-41 | 13:13-16a | 13:13-16a | 13:13-16a |
| 13:16b-25 | | 14:16b-25 | 13:16b-20a | 13:16b-25 |
| | | | 13:20b-25 | |
| 13:26-41 | | 13:26-41 | 13:26-41 | 13:26-31 |
| | | | | 13:32-37 |
| | | | | 13:38-39 |
| | Pagpapala at Sagupaan sa Antioquia | | | 13:40-41 |
| 13:42-43 | 13:42-52 | 13:42-43 | 13:42-43 | 13:42-43 |
| | | | | Sina Pablo at Bernabe ay Nangaral sa mga Hentil |
| 13:44-52 | | 13:44-47 | 13:44-47 | 13:44-47 |
| | | 13:48-52 | 13:48 | 13:48-49 |
| | | | 13:49-52 | |
| | | | | 13:50-52 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

A. Ito ay isang tala ng unang pang-misyong paglalakbay nina Pablo at Bernabe. Ang natitirang bahagi ng Mga Gawa ay itatalaga sa ministeryo ni Pablo.

B. Maaaring makatulong ng lubusang ang tumingin sa mapa sa likod ng Bibliya o atlas at sundan ang mga heograpikong lugar na nabanggit sa mga kabanata 13 at 14.

C. Mayroong isang maliwanag na pagpapalit sa mga kabanata 13 at 14 mula sa ang pamunuan ni Bernabe hanggang sa pamunuan ng Pablo.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:1-3

**1Sa iglesiya nga na nasa Antioquia ay may mga propeta at mga guro, si Bernabe, at si Simeon na tinatawag na Niger, at si Lucio na taga Cirene, at si Manaen na kapatid sa gatas ni Herodes na tetrarka, at si Saulo. 2At nang sila'y nagsisipaglingkod sa Panginoon, at nangagaayuno, ay sinabi ng Banal na Espiritu, Ibukod ninyo sa akin si Bernabe at si Saulo sa gawaing itinawag ko sa kanila. 3Nang magkagayon, nang sila'y makapagayuno na at makapanalangin at maipatong ang mga kamay nila sa kanila, ay kanilang pinayaon sila.**

**13:1 "Antioquia"** Tingnan ang tala sa 11:19.

▣ **"angiglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

▣ **"mga propeta at mga guro"** Ang dalawang mga kaloob na ito ng Espiritu ay itinala sa I Corinto 12:28 at Efeso 4:11. Ang gramatikong kayarian ay hindi tiyak kung ang limang lalaking nakatala ay kapwa mga propeta at mga guro o kung ang unang tatlong ay mga propeta at ang huling dalawa ay mga guro.

Ang suliranin sa terminong ito ay, "Ano ang kaugnayan ng kaloob ng propesiya sa NT sa mga propeta ng OT?" Sa OT, ang propeta mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Sa NT ang tungkuling ito ay ipinagkaloob sa orihinal na labingdalawang mga Apostol at kanilang mga kaagapay. Gaya ng terminong "apostol" ay pinanatili bilang isang nagpapatuloy nakaloob (cf. Efeso 4:11), ngunit sa isang nabagong tungkulin pagkatapos ng ang kamatayan ng ang Labindalawa, gayundin naman, ay ang gawain ng isang propeta. Ang inspirasyon ay may paghinto; wala nang susunod pang kinasihang Banal na Kasulatan. Ang pangunahing tungkulin ng mga propeta ng Bagong Tipan ay ang paghahayag ng ebanghelyo, ngunit magkakaibang tungkulin din, maaaring kung papaano iaangkop ang mga katotohanan sa NT sa kasalukuyang kalalagayan at mga pangangailangan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 11:27.

Ang kaloob na guro ay nabanggit sa Mga Gawa 13:1 na kasama sa propesiya, ngunit sa Efeso 4:11 ito ay nauugnay sa mga pastor. Sa II Timoteo 1:11 sinabi ni Pablo na siya ay isang mangangaral, apostol, at isang guro. Dito, ito ay tila tumatayo sa kanyang sarili, gaya ng sa Roma. 12:7. Ito rin ay tinalakay ng hiwalay sa Santiago 3:1ff. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga kaloob ng pamunuan ay maaaring isama sa iba't-ibang paraan sa iba't-ibang mga mananampalataya upang matustusan ang pangangailangan ng iglesiya sa panahon o lugar na iyon. Ang bawat pinagkaloobang mga pinuno (cf. Efeso 4:11) ay nagpapahayag ng ebanghelyo, ngunit sa iba't-ibang mga paraan (pag-uutos, pangangaral, pagtuturo).

### NATATANGING PAKSA: INSPIRASYON

Ang "minsan-para sa-lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga pagkaunawa, mga katuruan ng Kristiyanismo sa pananaw sa mundo (cf. II Pedro 2:21). Ang minsang-binigay na pagbibigay-diin ay ang biblikal na batayan para sa teolohikong hangganang inspirasyon sa mga sulat ng NT at huwag pahintulutan ang mga nahuli o ibang pang mga sinulat na ipinagpapalagay na inihayag. Mayroong maraming kalabuan, di-tiyak, at di-maliwanag na bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang lahat ng bagay "ay kinakailangan" para sa pananampalataya at kasanayan ay isinama na may sapat na kaliwanagan sa NT.

Ito konseptong ay naglalarawan sa kung ano ang tinawag na "ang kapahayagang tatsulok"

1. Ang Diyos ay mayroong inihayag mismo sa panahon-kalawakang kasaysayan (KAPAHAYAGAN)
2. Siya ay mayroong piniling tiyak na manunulaat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
3. Siya ay nagkaloob ng Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at mga puso ng mga tao sa pag-unawa ng mga kasulatan, hindi lubusan, ngunit sapat para sa kaligtasan at isang mabisang Kristyanong buhay (ILUMINASYON)

Ang punto nito ay ang nspirasyonon ay limitado sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Walang mas mataas na panghahawakang mga kasulation, mga pangitain, o mga kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Mayroon tayo ng lahat ng katotohanan na kailangan nati sa pagtungon nang nararapat at kalugod-lugod sa Diyos.

Ang katotohanang ito ay pinakamainam na makikita sa pagsasang-ayon ng mga manunulat ng Bibliya laban sa di-pagkakasundo ng matapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalita ang mayroong antas ng maka-Diyos na pamunuan na tutulad sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan.

## NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY LIWANAG O ILUMINASYON

"Ang Diyos ay kumilos sa nakalipas upang malinaw na ipahayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Sa teolohiya ito ang tinatawag na kapahayagan. Pumili Siya ng ilang mga tao upang isulat at ipaliwanag ang sariling-kapahayagn na ito. Sa teolohiya ito ang tinatawag na inspirasyon o pagkakasi. Isinugo Niya ang Kanyang Espiritu upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang Kanyang salita. Sa teolohiya ito ang tinatawag na pagbibigay liwanag o iluminasyon. Ang problema ay lumilitaw kapag tayo ay nagsasabi na ang Espiritu ay sangkot sa paguunawa ng salita ng Diyos—kaya bakit mayroong napakaraming mga interpretasyon nito?

Bahagi ng problema ay nakasalalay sa paunang kaunawaan o personal na mga karanansan. Madalas isang personal na adyenda ang tinatalakay sa pamamagitan ng paggamit sa Bibliya ng pruwebang-teksto o atomistikong kaugalian. Madalas ang teolohikal na parilya ang ipinagpipilitan ng higit sa pagpapahintulot sa Bibliya na magsalita lamang sa ilang mga lugar at ilang piniling mga paraan. Ang iluminasyon ay hindi simpleng ipantay sa inspirasyon bagamat ang Banal na Espiritu ay kasangkot sa bawat isa.

Ang pinakamainam na paglapit na pagtatangka sa pagsasaad ng sentral na ideya sa isang talataan, ay hindi pag-interpret sa bawat detalye ng teksto. Ang pangkasalukuyang kaisipan na nagdadala na orihinal na sentral na katotohanan ng may-akda. Ang pagbabalangkas ng aklat o literaturang yunit ay makakatulong sa isa na sundan ang intensyon ng orihinal na kinasihang may-akda. Walang tagapagsalin na kinasihan. Hindi natin muling magagawa ang pamamaraan ng interpretasyon ng biblikal na manunulat. Kaya natin at dapat na tangkain na maunawaan kung ano ang kanilang sinasabi noong kanilang panahon at ipabatid ang katotohanang iyon sa ating sariling panahon. May mga bahagi ng Bibliya na may kalabuan o nakatago (hanggang sa tiyak na panahon o kapanahunan). Mayroon laging hindi pagkakasundo sa ilang mga teksto at mga paksa ngunit dapat nating malinaw na ilahad ang mga sentral na katotohanan at hayaan ang kalayaan para sa indibidwal na interpretasyon sa loob ng hangganan ng intensyon ng orihinal na may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat lumakad ng ayon sa liwanag na meron sila, laging bukas sa mas higit na liwanag mula sa Bibliya at sa Espiritu. Ang Diyos ang maghahatol sa atin batay sa antas ng ating kaunawaan at kung paano natin ipinamumuhay ang kaunawaang iyon.

▣ **"si Simeon na tinatawag na Niger"** Ang terminong *niger* ay Latin para sa madilim o itim. Ang ilang taga-pagbigay-kahulugan ay sinusubukan itong iugnay kay Simon sa Marcos 15:21.

▣ **"Lucio na taga Cirene"** Maaaring ito ay isa sa mga Helenistikong Hudyo na nangangaral sa mga Hentil sa Antioquia (cf. 11:20). Siya ay maaaring hindi ang Lucio na nabanggit sa Roma. 16:21.

▣ **"Manaen na kapatid sa gatas ni Herodes na tetrarka, at si Saulo"** *Manaen* ay isang Griyegong anyo ng Hebreong *Manahem*, na nangangahulugang"taga-alw." Ang taong ito ay isang inampon sa kapatid na lalaki (Griyegong panitikan) ni Herodes Antipas (see Panimula sa kabanata 12) o siya ay lumaki kasama niya (Koine papyri). Si Lucas ay maaaring nakuha ang marami sa kanyang impormasyon patungkol kay Herodes Antipas (ang Tetrarka) mula sa pakikipag-usap niya sa taong ito.

**13:2**
**NASB** **"nagsisipaglingkod"**
**NKJV** **"nagsipaglingkod"**
**NRSV** **"sumasamba"**
**TEV** **"naglilingkod"**
**NJB** **"naghahandog ng pagsamba"**

Ito ay ang Griyegong terminong *leitourgia* (isang tambalan mula sa "pang-madla" at "paggawa") na makukuha natin

ang Ingles na terminong *liturgy*. Sa orihinal ito tinutukoy na isang tao na gumagawa ng pampublikong panglilingkod sa kanilang sariling paggasta. Sa kontekstong ito, ito ay nagpapahiwatig ng isang yugto ng ng paghahanap sa kalooban ng Diyos sa panahon ng isang pagsambang paglilingkod. Ang PANDIWA ay maaaring tumutukoy sa buong iglesiya o ang limang tao na nakatala.

▣ **"makapagayuno na"** Sa OT mayroon lamang isang araw ng pag-aayuno sa isang taon, ang Araw ng Katubusan, Levitico 16. Subalit, sa panahon ng unang siglo, ang rabinikal na Judaismo ay umusbaong dalawang beses na pag-aayuno sa isang linggo. Bagaman ang pag-aayuno ay hindi kinakailangang ng mga mananampalataya, maraming beses ito ay makakatulong sa pag-alam ng kalooban ng Diyos (cf. 14:23).

## NATATANGING PAKSA: PAG-AAYUNO

Ang pag-aayuno, bagaman di kailanman inutos sa NT, ay inaasahan at nararapat sa panahon para sa mga alagad ni Hesus mga alagad (cf. Mateo 6:16,17; 9:15; Marcos 2:19; Lucas 5:35). Ang wastong nag-aayuno ay inilarawan sa Isaias 58. Si Hesus ay nagtatakda ng pamamarisan mismo (cf. Mateo 4:2). Ang sinaunang iglesiya ay nag-aayuno (cf. Mga Gawa 13:2-3; 14:23; II Corinto 6:5; 11:27). Ang layunin at paraan ay napakahalaga; ang pagsasaoras, ang haba, at dalas ay opsyonal. Ang pag-aayuno sa OT ay hindi isang pangangailanga para sa mga mananampalataya sa NT (cf. Mga Gawa 15:19-29). Ang pag-aayuno ay hindi isang paraan ng pagpapakita ng espiritwalidad, ngunit ng paglamit sa Diyos at sa paghahanap ng Kanyang pamatnubay. Ito rin makakatulong sa espiritwal na pangangailangan.

Ang pagkagawi ng sinaunang iglesiya sa asetisismo ay nagduloy sa mga eskriba na ilagay ang "nag-aayuno" sa maraming mga talata (i.e., Mateo 17:21; Marcos 9:29; Mga Gawa 10:30; I Corinto 7:5). Para sa mas malalim na impormasyon sa mga may alintangang mga teksto, sumangguni kay Bruce Metzger, *One Textual Commentary on the Greek New Testament*, na inilimbag ng United Bible Societies.

▣ **"sinabi ng Banal na Espiritu"** Ito ay isa pang biblikal na katibayan para sa persona ng Banal na Espiritu (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2). Kung ito ay maririnig o sa isip ay di-tiyak (cf. 8:29; 10:19; 11:12; 20:23; 21:11). Ito ay maliwanag na ito ay isang napaka-tiyak na mensahe (cf. 16:6-7), ay maaaring ipagkaloob sa pamamagitan ng isa sa mga propeta.

▣ **"Ibukod ninyo"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS PAUTOS. Ang terminong *aphorizō* ay mayroong ang katulad na kahulugan bilang "banal" (*hagiazō*). Ito ay nagpapahiwatig na nagtatakdang ihiwalay at palakasin para sa isang itinalagang maka-Diyos na tungkulin (cf. Roma. 1:1; Galacia 1:15).

▣ Pagkatapos "ay nagtatakda na humiwalay" sa Griyegong teksto ay ang KATAGANG *dē*, na nangangahulugan ng katindihan (cf. Lucas 2:15; I Corinto 6:20). Ito ay nagbibigay ng kasigasigan sa panawagan ng Espiritu. Mayroong isang kaagapay sa sa pahayag ni Pablo sa 15:36.

▣ **"sa gawaing itinawag ko sa kanila"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG. Ito ay ang Espiritu na tumatawag at nagpapalakas para sa ministeryong tungkulin (cf. I Corinto 12:7,11).

**13:3** Ang talata ay mayroong tatlong AORIST MGA PANDIWARI na naglalarawan ng espiritwal na mga paghahanda upang ipadala ang unang mga misyonera mula sa glesiya sa Antioquia.

1. nag-ayuno
2. nanalangin
3. nagpatong ng kamay sa kanila

Ito ay tila ipinagkaisa sa mga pagkilos ng buong pagtitipon ng mga tao, hindi lamang ng ibang mga propeta at mga guro. Ang buong iglesiya ay kailangang kasama sa mga gawain ng Dakilang Komisyon!

▣ **"maipatong ang mga kamay nila sa kanila"** Itong isang tiyak na talata ay isa sa mga malabong teksto kung saan ang ating makabagong kagawian ng ordinasyon ay nakabatay. Subalit, ito ay di-nararapat bilang isang biblikal na saligan para sa ating makabagong pang-denominasyong mga kasanayan. Mayroong maraming pisikal na mga halimbawa ng "pagpapatong ng kamay" sa Bibliya.

1. Sa OT, ito ay para sa layunin ng
   a. pagsakripisyong pagkakilanlan (cf. Levitico 1:4; 3:2; 4:4; 16:21)
   b. isang pagpapala (cf. Genesis 48:13ff; Mateo 19:13,15)
   c. ang pagtatalaga ng isang kapalit (cf. Mga Bilang 27:23; Deuteronomio 34:9)
2. Sa NT, ang kaligiran ay kapwa iba-iba

a. para sa pagpapagaling (cf. Lucas 4:40; 13:13; Mga Gawa 9:17; 28:8)
b. pagtatalaga o paglalaan sa isang gawain (cf. Mga Gawa 6:6; 13:3)
c. kaugnay sa pagtanggap ng Banal na Espiritu o espiritwal na mga kaloob (cf. Mga Gawa 8:17; 19:6; I Timoteo 4:14; II Timoteo 1:6)
d. isang sangunian sa saligang mga katuruan ng Judaismo o ang iglesiya (cf. Hebreo 6:2)

Ang pagpapatong ng kamay ay hindi isang panimulang karanasan. Ang mga lalaking ito ay tinawag na, may kaloob, gumaganap na mga pinuno. Ito ay hindi isang bagong ministeryo na tinawag sila, ngunit isang pagpapalawak sa kung ano ang kanilang patuloy na ginagawa.

Ang ordinasyon ay may pagkahilig na lagyang ng pagkakaiba sa mga mananampalataya. Ito ay nagbibigay ng paniniwal sa paghihiwala ng mga ministro at karaniwang mananampalataya. Ang Griyegong salitang *cleros* (magmana sa pamamagitan ng pagpili) at *laos* (Griyegong salitang para sa tao), kapag ginamit sa NT, at palaging ay tumutukoy sa buong pangkat ng mga mananampalataya. Ang lahat ng mgamananampalataya ay tinawag, pinagkalooban, mga ministro ng ebanghelyo sa lahat ng panahon (cf. Efeso 4:11-12). Mayroong hindi biblikal na katibayan para sa paghihiwalay ng mananampalataya sa mga may antas na pangkat. Ang lahat mga mananampalataya ay pinagkalooban para sa ministeryo sa katawan ni Kristo (cf. I Corinto 12:7, 11).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:4-12

**4Sila nga, palibhasa'y sinugo ng Banal na Espiritu, ay nagsilusong sa Seleucia; at buhat doo'y nangaglayag hanggang sa Chipre. 5At nang sila'y nasasa Salamina, ay kanilang ipinangaral ang salita ng Diyos sa mga sinagoga ng mga Hudyo: at kanila namang katulong si Juan. 6At nang kanilang matahak na ang buong pulo hanggang sa Pafos, ay nakasumpong sila ng isang manggagaway, bulaang propeta, Hudyo, na ang kaniyang pangalan ay Bar-Hesus; 7Na kasama ng proconsul, Sergio Paulo, lalaking matalino. Ito rin ang nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo, at minimithing mapakinggan ang salita ng Diyos. 8Datapuwa't si Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya ang proconsul. 9Datapuwa't si Saulo, na tinatawag ding Pablo, na puspos ng Banal na Espiritu, ay itinitig sa kaniya ang kaniyang mga mata, 10At sinabi, Oh puspos ng lahat ng karayaan at ng lahat ng kasamaan, ikaw na anak ng diablo, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka baga titigil ng pagpapasama sa mga daang matuwid ng Panginoon? 11At ngayon, narito, nasa iyo ang kamay ng Panginoon, at mabubulag ka, na hindi mo makikita ang araw na kaunting panahon. At pagdaka'y nahulog sa kaniya ang isang ulap at ang isang kadiliman; at siya'y nagpalibot na humahanap ng sa kaniya'y aakay sa kamay. 12Nang magkagayon, pagkakita ng proconsul sa nangyari, ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon.**

**13:4 "palibhasa'y sinugo ng Banal na Espiritu"** Ang kontekstong ito ay hindi nagbibigay-diin sa awtoridad ng lokal na iglesiya, ngunit ang awtoridad ng Espiritu. Siya ay ang bahagi ng Trinidad (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:32) na binibigyang-diin sa Mga Gawa. Ang "bagong pang-Mesias na panahon" ay kilala bilang "ang panahon ng Espiritu." Siya ang tumatawag, ang nagkakaloob, ang nagtuturo, ang humuhatol, at ang nagpapalakas (cf. Juan 14:16-17,26; 15:26; 16:7-15). Walang palagian o mabisang ministeryo ang mananatili na wala ang Kanyang presensya at pagpapala.

▣ **"Seleucia"** Ito ay ang daungang lungsod ng Antioquia sa Siria. Ito ay halos labinlimang milya sa timong-kanluran. Ang pangalan nito ay maibabalik sa heneral ni Alejandro ang Dakila (Seleucid), na namuno sa lugar na ito pagkatapos ng kamatayan ni Alejandro.

▣ **"Chipre"** Ito ang tahanan ni Bernabe (cf. 4:36) kung saan ay may malaking Hudyong populasyon. Sa OT ito ay kilala bilang *Kittim*. Ito ay hindi ang unang Kristyanoong saksi sa pulong ito (cf. 11:19-20).

**13:5 "Salamina"** Ito ay ang daungang lungsod sa silangang baybayin ng ng pulo ng Chipre. Ito ay ang sentro ng pangangalakal sa pulo.

▣ **"ipinangaral ang salita ng Diyos sa mga sinagoga"** Ang dahilan para dito ay maliwanag.
1. ang mga Hudyong ito ay nalalaman na ang OT
2. ang mga Hudyo ay ang piniling bayan (cf. Genesis 12:1-3) at may unang pagkakataong tumugon (cf. 3:26; 13:46; 17:2; 18:4,19; 19:8; Roma. 1:16)
3. sa mga paglilingkod sa sinagoga ay mga Hentil na [isa] na napapalapit na sa isang tunay na Diyos at [b] nalalaman ang OT.

Ito ang naging palagiang pang-misyong paraan ni Pablo kung saan mayroong sinagoga.

▣ **"Juan"** Ito ay tumutukoy kay Juan Marcos na kung saan ang tahanan ay pinagtatagpuan ng mga alagad (cf. Mga Gawa 12:12). Siya ay din ang tradisyonal na may-akda ng Ebanghelyo ng Marcos, na tila isang tala ng patotoo ng isang saksi kay Apostol Pedro. Siya ay din ang dahilan ng malaking pagtatalo sa pagitan nina Pablo at Bernabe na naghali ng pang-misyong pangkat (cf. 15:36-41).

Subalit, sa huli, binanggit ni Pablo si Juan Marcos sa isang sa isang positibong pamamaraan (cf. Colosas 4:10; II Timoteo 4:11 at Filemon v. 24). Tingnan ang mga buong tala sa Panimula ng kabanata 16.

**13:6 "nang kanilang matahak na ang buong pulo"** Ito ay maaaring nangangahulugang na sila ay huminto at nangaral sa bawat sinagoga sa pulo.

▣ **"Pafos"** Ito ay tumutukoy sa bagong Pafos, na may pagkakaiba sa lumang Fenicia na lungsod na pitong milya ang layo. Kapwa ng mga lungsod na ito ay pinangalan mula sa diyos-diyosang ng Fenicia na *Paphian*. Ito ay ang diyos ng pag-ibig din kilala bilang *Aphrodite*, *Astarte*, *Venus*, atbp. Ang lungsod na ito ay ang pampamunuang pampulitikang kabisera ng Chipre.

▣ **"Bar-Hesus"** Ang lalaking ito ay isang Hudyong bulaang propeta. Ang kanyang pangalan ay nangangahulugang "anak ng Joshue." Ating nalaman mula sa v. 8 na siya ay pumunta sa tinatawag na Elimas na mahikero. Ang terminong mahikero ay naglalarawan ng Griyegong katumbas isang Aramaikong ugat na nangangahulugang "mangkukulam" (cf. 10). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:9.

**13:7 "ng proconsul, Sergio Paulo"** Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa pagkamakasaysayan ng mga salaysay ni ng Lucas. Ito ay isang mabuting halimbawa ng kawastuhan ni Lucas bilang isang mananalaysay. Tinatawag niya ang taong ito na "isang proconsul," na nangahulugang ang Chipre ay isang Romanong lalawigang pang-senado. Nalaman natin na ito ay nangyari noong A.D. 22 sa pamamagitan ng kautusan mula kay Augusto. Nalaman din natin mula sa isang Lating inskripsyon sa Soloi na si Sergius Paulus ay nagsimula ng kanyang pagka-proconsul noong A.D. 53. Ang mas maraming impormasyon ang arkeolohiya ay natutuklasan mula sa ang Mediterraneanong mundo ng unang siglo, mas lalong napapatunayan ang pagkamakasaysayang kawastuhan ni Lucas.

▣ **"lalaking matalino"** Ang terminong ito ay ginamit sa isang malawak na pagkakaiba ng mga kahulugan. Sa kontekstong ito ay nagpapahiwatig na siya ay may kakayahang sa mabisang pamumuno. Gayundin, ang pagtatangi sa kanya sa ganitong paraan ay nagpapakita na ang ebanghelyo hindi lamang tinanggap ng mahirap at di-nakapag-aral, ngunit gayundin sa mayayaman at nakapag-aral (cf. *Manaen* 13:1). Ito rin ay maaari na ang isa sa mga layunin ni Lucas sa pagsulat ng Mga Gawa ay upang ipakita na ang ebanghelyo ay hindi panganib sa pamumunong Romano.

**13:8 "Elimas"** Ito ay tila ang Griyegong pangalang ito ay isang pagsasatitik ng
1. isang Arabeng termino para sa isang marunong (isang pantas, isang manghuhula, isa na nakakakita ay may kapangyarihan sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbabatakbo ng di-nakikitang mga kapangyariha/mga pwersa ng di-nakikitang lupain, AB, tomo 2, p. 487)
2. isang Aramaikong salita para sa isa na nakakapagbigay-kahulugan sa mga panaginip

▣ **"manggagaway"** Ito ay kaugnay sa terminong "magi," na nangahulugang maranong na lalaking Chaldeo-Mediano, tulad ni Daniel (cf. Daniel 2:2; 4:9; Mateo 2:1). Subalit, sa panahon ni Pablo, ito ay ginamit ng naglalakbay na mahikero at mga gumagalang albularyo sa Greco-Romanong mundo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:9.

▣ **"ang pananampalataya"** Ang terminong ito ay ginamit sa tatlong tiyak na paraan sa NT:
1. personal na pagtitiwala kay Hesukristo bilang Tagapagligtas
2. matapat, maka-Diyos na pamumuhay
3. teolohikong nilalaman ng ebanghelyo (i.e., doktrina cf. Jude 3, 20)

Ang katulad na kalabuan ay makikita sa Mga Gawa 6:7. Dito ito ay tila tumutukoy sa #3 dahil sa pantukoy at konteksto. Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 3:16 at 6:5.

**13:9 "Pablo"** Ito ay ang unang paggamit ng kanyang Romanong palayaw sa aklat ng Mga Gawa. Ang Pablo ay mula sa isang Griyegong termino na nangangahulugang "munti." Ang ilan ay nag-iisip na ito ay tumutukoy sa pisikal na sukat ni Pablo, ang iba sa kanyang sariling paghuhusga mismo bilang "ang pinaka mababa sa mga apostol" dahil inusig niya ang iglesiya. Ito ay maaaring ang pangalawang pangalan na ibinigay ng kanyang mga magulang pagkasilang.

▣ **"Pablo, na puspos ng Banal na Espiritu"** Ang kapangyarihan ng Espiritu na gumagabay sa sinaunang iglesiya ay inilalarawan sa pamamagitan ng terminong "ang pagpupuspos" (cf. 2:4; 4:8,31; 6:3; 7:55; 9:17; 13:9,52). Ang nagpapatuloy, pang-araw-araw na pagpupuspos ng Espiritu ay ang karaniwang kalalagayan ng lahat ng mga mananampalataya (cf. Efeso 5:18). Sa Mga Gawa ito ay kadalasang naiuugnay sa isang katapangan sa pangangaral ng ebanghelyo.

▣ **"itinitig sa kaniya ang kaniyang mga mata"** Tingnan ang mas buong tala sa 1:10.

**13:10** Si Pablo ay itinatangi ang Hudyong bulaang propeta sa pamamagitan ng maraming mga termino.

1. "puno sa pamamagitan ng kabulaanan," na nangangahulugang magsilo na may pain (ito lamang ang gamit ng terminong ito sa mga sulat ni Lucas)
2. "puno ng lahat ng pandaraya," ito ay mula sa Griyegong salitang nangangahulugang gumawa ng isang bagay na magaan o walang kabuluhan, ngunit ito ay dumating ma may masamang kahulugan (cf. 18:14). Ang terminong ito ay matatagpuan lamang sa Mga Gawa (cf. 13:10; 18:14).
3. "anak ng diyablo," ito ay isang Semitikong wikain (cf. 3:25; 4:36) para sa pagpapakilala ng mga pagkilos ng diyablo (cf. Mateo 13:38; Juan 8:38,41,44, tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 5:3)
4. "kaaway ng lahat katuwiran," Ang terminong ito ay ginamit maraming beses sa mga sulat ni Lucas na kinapapalooban ng mga sipi sa OT (cf. Lucas 1:71,74; 20:43; Mga Gawa 2:35). Ang lahat na tulad ng Diyos, ang taong ito ay kaaway. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 3:14.
5. Ginagamit ni Pablo ang napabilang na terminong "lahat" nang tatlong beses upang ipakita ang lubusang kusang kasamaan ng taong ito

▣ **"pagpapasama sa mga daang matuwid ng Panginoon"** Ito ay katanungan na inaasahan ang isang "oo" na sagot. Ang salitang "matuwid" o "tapat" sa NT ay naglalarawan OT konseptong ng katuwiran, na nangahulugang isang pamantayan o panukat na tambo. Ang NT na mga terminong "liko-liko" o "masama" ay naglalarawan ng OT na mga termino para sa kasalanan, na isang paglihis mula sa ang pamantayan, na ang Diyos mismo. Ang taong ito ay ginagawa liko ang lahat ng bagay (i.e., ang kasalungat ng katuwiran). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:14.

**13:11 "ang kamay ng Panginoon"** Ito ay isang Semitikong antropomorpikong parirala na tumutukoy sa kapangyarihan at presensya ni YHWH (cf. Lucas 1:66; Mga Gawa 11:21). Sa OT ito kadalasang tumutukoy sa kahatulan ng Diyos (cf. Exodo 9:3; I Samuel 5:6; Job 19:21; 23:2; Mga Awit 32:4; 38:2; 39:10), gaya ng ginawa dito.

▣ **"mabubulag ka"** Ang makapangyarihang paglalarawan ng mga termino ng kasamaan at paghihimagsik na binigyang katangian sa taong ito at ang anyo ng kanyang pansamantalang kahatulan ay maaaring magpakita ng nakaraang buhay ni Pablo. Siya ay lumilingon sa nakalipas ngayon at nakikita niya mismo sa Hudyong bulaang mangangaral at kanyang pagpapatakbo (cf. 9:8).

Ang pagkabulag ay kadalasang ginamit sa isang parabolikong kaunawaan ng isang kakulangan sa espiritwal na kakayahang tumanggap (cf. Juan 9; Mga Gawa 9; din note Deuteronomio 28:28-29).

**13:12 "pagkakita sa nangyari, ay nanampalataya"** Ito ay ang katulad na Griyegong salita (*pisteuō*, ang PANGNGALAN ay maaaring isalin bilang paniwala, pananampalataya, o pagtitiwala) na ginamit sa lahat ng dako ng ang NT para sa tunay na pananampalataya. Ang gobernador na ito ay tumugon sa mensahe ng ebanghelyo. Ang mga mata ng taong ito ay nakapikit (sa literal); ang mga mata ng taong ito ay binuksan (patalinghaga). Ito ay ang hiwaga ng pananampalataya at kawalan ng pananampalataya (cf. Juan 9). Tingnan ang Natatanging mga Paksa: Pananampalataya (PANGNGALAN, PANDIWA, at PANG-URI) at 3:16 at Pananampalataya sa OT sa 6:5.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:13-16a

**13Nagsitulak nga sa Pafos si Pablo at ang kaniyang mga kasama, at sumadsad sa Perga ng Pamfilia: at humiwalay sa kanila si Juan at nagbalik sa Herusalem. 14Datapuwa't sila, pagkatahak sa Perga, ay nagsidating sa Antioquia ng Pisidia; at sila'y nagsipasok sa sinagoga nang araw ng sabbath, at nagsiupo. 15At pagkatapos ng pagbasa ng kautusan at ng mga propeta, ang mga pinuno sa sinagoga ay nagpautos sa kanila, na sinasabi, Mga kapatid, kung mayroon kayong anomang iaaral sa bayan, ay mangagsalita kayo. 16At nagtindig si Pablo, at ang kamay ay ikinikiya na nagsabi,**

**13:13 "Pablo at ang kaniyang mga kasama"** Maliwanag na ang pamunuan ay mayroong pagbabago. Mula sa ngayon sa aklat ng Mga Gawa, nag pangala ni Pablo ay unang naitala.

▣ **"Perga sa Pamfilia"** Ang Perga ay ang pinakamalaking lungsod sa maliit na Romanong baybaying lalawigan ng Pamfilia (gitnang katimugang Turkey). Ito ay matatagpuan maraming milya sa loob ng bansa upang upang pigilin ang mga paglusob ng sumasalakay na mandaragat.

Tila si Pablo ay hindi nangaral dito sa panahong ito, ngunit ngaral ng lubusan pagkatapos (cf. 14:25). Walang pangkasaysayang katibayan ng isang Kristyanong pangkat sa lugar na ito sa loob ng maraming daang taon. Siya ay dumaan lamang sa baybaying rehiyong ito.

▣ **"si Juan at nagbalik sa Herusalem"** Tinala ni Lucas ang pangyayaring ito, ngunit hindi nagbigay ng tanda kung bakit (o kahit sinong ibang may-akda ng NT). Tingnan ang Panimula sa kabanata 16, siya ay nagbalik para sa paglilingkod sa Panginoon!

**13:14 "Antioquia ng Pisidia"** Ito sa literal ay nangangahulugang "Antioquia papuntang Pisidia" dahil ito ay matatagpuan sa

etnikong lugar ng Frigia , ang Romanong Lalawigan ng Galacia. Ito ay isang namumukod na etnikong pangkat, na maaaring mula sa Europa.

▣ **"sa araw ng sabbath"** Ito ay nangangahulugang mula sa paglubog ng araw ng Biyernes hanggang sa paglubog ng araw ng Sabado. Ang mga Hudyo ay ibinibigalang panahon mula sa paggabi hanggang sa paggabi, na sumusunod Genesis 1.

▣ **"nagsiupo"** Ito ay maaaring isang wikain na nangangahulugang isang tao na magsasalita sa sinagoga. Ang mga Rabbi ay palaging nagtuturo habang nakaupo (cf. Mateo 5:1; Lucas 4:20). Ang mga sinagoga ay karaniwang pinapahintulutan ang mga naglalakbay na panauhin na magsalita kung nais nila (cf. v. 15).

**13:15 "pagbasa ng kautusan at ng mga propeta"** Ito ay ang bahagi ng karaniwang pagkakasunod-sunod ng paglilingkod sa isang sinagoga sa panahon ni Hesus. Sa orihinal lamang ang Kautusan ni Moises ang binabasa, ngunit si Antiochus IV Epiphanes ay pinagbawal ito noong 163 B.C. Ang mga Hudyo, pagkatapos ay pinalitan ito ng pagbasa ng mga Propeta. Sa panahon ng pag-aalsa ng Macabeo, ang Judaismo ay naipanumbalik at kapwa ang Kautusan at ang mga Propeta ay ipinagpatuloy sa pagbasa nang magkasama bilang isang saligang kaayusan sa panambahan sa sinagoga (cf. v. 27). Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG HEBREONG KANON

Ang Hebreong Bibliya ay hinati sa tatlong paghahati (ang Ingles na Bibliya ay sinusundan ang pagkakasunod-sunod ng Septuagint).

1. Ang Torah (Pentateuch), Genesis – Deuteronomio
2. Ang mga Propeta
   a. mga naunang propeta, Josue – Mga Hari (maliban sa Ruth)
   b. mga nahuling propeta, Isaias – Malakias (maliban sa Panaghoy at Daniel)
3. Ang mga Kasulatan
   a. Karunungang Panitikan, Job – Mga Kawikaan
   b. Post-exilic na Panitikan, Ezra – Esther
   c. Megilloth (limang balumbon)
      (1) Ruth (binabasa sa Pentecostes)
      (2) Ecclesiastes (binabasa sa tabernakulo)
      (3) Awit ni Solomon (binabasa sa Paskwa)
      (4) Panaghoy (binabasa upang alalahanin ang pagbagsak ng Herusalem noong 586 B.C.)
      (5) Esther (binabasa sa Purim)
   d. Daniel
   e. I at II Cronica

▣ **"ang mga pinuno sa sinagoga"** Ang mga lalaking ito ang namamahala sa pagpapanatili ng gusali at ang pagkakasunod-sunod ng panambahan (cf. Lucas 8:41,49). Sila ang kadalasang mga inaanyayahang panauhin upang magsalita.

▣ **"kung mayroon kayong anomang iaaral sa bayan"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP, ipinagpapalagay na totoo na mula sa ang pananaw ng may-akda para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ito ay isang karaniwang aspeto ng sinagogang pagsamba. Sinamantala ni Pablo nang lubusan ang pagkakataong ito.

**13:16 "nagtindig si Pablo"** Kadalasan, ang Hudyong mga guro ay umuupo habang nagtuturo; gayunman, ito ay ang Greco-Romanong kaugalian na tumayo habang nagtuturo. Iniba ni Pablo ang kanyang paraan at pagpapakilala sa nakikinig.

▣ **"ng kamay ay ikinikiya"** Si Pablo ay kumumpas upang tumahimik. Madalas ni binabanggit n Lucas ang mga detalyeng ito (cf. 12:17; 13:16; 19:33; 21:40).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:16b-25

**[16]Mga lalaking taga Israel, at kayong nangatatakot sa Diyos, magsipakinig kayo. [17]Hinirang ng Diyos nitong bayang Israel ang ating mga magulang, at pinaunlakan ang bayan nang sila'y nakipamayan sa Egipto, at sa pamamagitan ng taas at unat na kamay ay kaniyang inilabas sila roon. [18]At nang panahong halos apat na pung taon, ay**

**kaniyang binata ang mga kaugalian nila sa ilang. [19]At nang maiwasak na niya ang pitong bansa sa lupaing Canaan, ay ibinigay niya sa kanila ang kanilang lupain na pinakamana, sa loob ng halos apat na raa't limangpung taon: [20]At pagkatapos ng mga bagay na ito ay binigyan niya sila ng mga hukom hanggang kay Samuel na propeta. [21]At pagkatapos ay nagsihingi sila ng hari: at ibinigay ng Diyos sa kanila si Saul na anak ni Kis na isang lalake sa angkan ni Benjamin; sa loob ng apat na pung taon. [22]At nang siya'y alisin niya, ay ibinangon niya si David upang maging hari nila; na siya rin namang pinatotohanan niya at sinabi, Nasumpungan ko si David na anak ni Jesse na isang lalaking kinalulugdan ng aking puso, na gagawa ng buong kalooban ko. [23]Sa binhi ng taong ito, ayon sa pangako, ang Diyos ay nagkaloob ng isang Tagapagligtas, na si Hesus; [24]Noong unang ipangaral ni Juan ang bautismo ng pagsisisi sa buong bayang Israel bago siya dumating. [25]At nang ginaganap na ni Juan ang kaniyang katungkulan, ay sinabi niya, Sino baga ako sa inyong akala? Hindi ako siya. Datapuwa't narito, may isang dumarating sa hulihan ko na hindi ako karapatdapat na magkalag ng mga pangyapak ng kaniyang mga paa.**

**13:16b "Mga lalaking taga Israel, at kayong nangatatakot sa Diyos, magsipakinig kayo"** Mayroong dalawang mga pangkat na nandito, mga Hudyo at Hentil na "may takot sa Diyos" (cf. v. 26; 10:2,22,35). Ang pangangaral na ito ay lubhang katulad ng pangangaral ni Esteban sa Mga Gawa 7. Sa maraming mga paraan si Pablo ay lubusang naimpluwensyahan ng pagkaunawa ni Esteban ng OT at ng ebanghelyo.

**13:17** Si Pablo ay nagsimula kanyang pagbabalik-aral sa kasaysayan sa OT sa panawagan sa mga Patriarka (Abraham, Isaac, at Jacob sa Genesis) at ang pagkabihag at pagpapalaya mula sa Ehipto (Exodo-Deuteronomio).

▣ **"sa pamamagitan ng taas at unat na kamay ay kaniyang inilabas sila roon"** Ito ay karaniwang paglalarawan sa OT (cf. LXX Exodo 6;1,6) ni YHWH sa pisikal na mga termino. Ito ay katulad sa antropomorpikong parirala, "Kanyang kanag bisig." Ang Bibliya ay nagsasalita ng sa Diyos sa pantaong talasalitaan (i.e., antropomorpismo) kahit na Siya ay isang walang-hangan, di-pisikal, malaganap na Espiritu. Ang mga biblikal na paghahalintulad ay pinanggagalingan ng maraming di-pagkakaunawaan at literal na lagpas na pahayag. Ang Bibliya ay nagsasalita tungkol sa Diyos sa paghahalintulad, talinghaga, at di-pagsang-ayon. Ang Diyos ay lalong mas higit sa mauunawaan o maipapahayag ng nalugmok, may hangganang pahahon, pangmundong mga tao! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:33.

**13:18 "At nang panahong halos apat na pung taon, ay kaniyang binata ang mga kaugalian nila sa ilang"** Ito ay nagpapahayag ng Deuteronomio 1:31 at maaaring isalin na "pagpapakain gaya ng isang nagpapasusuo" (cf. MSS A, C). Ito ang nagpapaliwanag ng mga aklat sa OT na Exodo at Mga Bilang.

Ang terminong "apatnapu" ay kadalasang isang paikot na bilang. Sa literal, ang panahon mula sa Horeb hanggang sa Shittim ay tatlompu't walong taon na may dalawang taong yugto saHoreb (Sinai). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

**13:19 "maiwasak na niya ang pitong bansa"** Ang mga bansa ng Palestina ay maaaring maipakilala sa maraming paraan.

1. mga panlahat na termino, Cananeo (i.e., nasa mababang lugar, cf. Genesis 10:18-29; Mga Hukom 1:1) o Amorrheo (i.e., nasa mataas na lugar, cf. Genesis 15:16)
2. dalawang bansa (mga Cananeo, mga Pherezeo, cf. Genesis 13:7; 34:30; Mga Hukom 1:4-5)
3. tatlong bansa (mga Heveo, mga Cananeo, mga Heteo, cf. Exodo 23:28)
4. anim na bansa (Cananeo, Heteo, Amorrheo, Pherezeo, Heveo, Jebuseo, cf. Exodo 3:8,17; 33:2; 34:11; Deuteronomio 20:17; Josue 9:1; 12:8)
5. pitong bansa (mga Heteo, mga Gergeseo, mga Amorrheo, mga Cananeo, mga Pherezeo, mga Heveo, Jebuseo, cf. Deuteronomio 7:1; Josue 3:10; 24:11)
6. sampung bansa (mga Cineo, mga Ceneceo, mga Cedmoneo, mga Heteo, mga Pherezeo, Refaim, mga Amorrheo, mga Cananeo, mga Gergeseo, Jebuseo, cf. Genesis 15:19-21)

## NATATANGING PAKSA: MGA NANINIRAHAN SA PALESTINO BAGO DUMATING ANG MGA ISRAELITA

A. Mayroong maraming mga tala ng mga tao.
   1. Genesis 15:19-21 (10)
      a. Cineo
      b. Ceneceo
      c. Cedmoneo
      d. Heteo
      e. Pherezeo
      f. Refaim
      g. Amorrheo
      h. Cananeo
      i. Gergeseo
      j. Jebuseo
   2. Exodo 3:17 (6)
      a. Cananeo
      b. Heteo
      c. Amorrheo
      d. Pherezeo
      e. Heveo
      f. Jebuseo
   3. Exodo 23:28 (3)

a. Mga Heveo
b. Mga Cananeo
c. Mga Heteo

4. Deuteronomio 7:1 (7)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. | Mga Heteo | d. | Mga Cananeo | g. | Mga Jebuseo |
| b. | Mga Gergeseo | e. | Mga Pherezeo | | |
| c. | Mga Amorrheo | f. | Mga Heveo | | |

5. Josue 24:11 (7)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. | Amorrheo | d. | Heteo | g. | Jebuseo |
| b. | Pherezeo | e. | Gergeseo | | |
| c. | Cananeo | f. | Heveo | | |

B. Ang pinanggalingan ng mga pangalan ay walang katiyakan dahil sa kakulangang ng mga pangkasaysayang tala. Ang Genesis 10:15-19 ay isinasama ang mga kaugnay kay Canaan, ang anak ni Ham.

C. Ang mga maikling paglalarawan mula sa pinakamahabang tala ng Genesis 15:19-21

1. Cineo
   - BDB 884
   - hindi Israelita
   - ang mga salita ay maiuugnay sa "manghuhuwad" o "panday," na maaaring tumukoy sa paggawa sa bakal o musika (cf. Genesis 4:19-22)
   - kaugnay sa bahagi ng Sinai, hilaga sa Hebron
   - ang pangalan ay kaugnay kay Jethro, biyanang lalaki ni Moises (cf. Mga Hukom 1:16; 4:11)
2. Ceneceo
   - BDB 889
   - kamag-anak ng mga Hudyo
   - isang angkan ng Edom (cf. Genesis 15:19; 30:15,42)
   - naninirahan sa Timugan
   - maaaring naisama sa Judah (cf. Mga Bilang 32:12; Josue 14:6,14)
3. Cedmoneo
   - BDB 870 II
   - hindi Israelita, maaaring nagmula kay Ishmael (cf. Genesis 25:15)
   - ang pangalan ay naiuugnay sa "taga silangan"
   - naninirahan sa Timugan
   - maaaring kaugnay ng "mga tao sa silangan" (cf. Job 1:3)
4. Heteo
   - BDB 366
   - hindi Israelita
   - nanggaling kay Heth
   - mula sa kaharian ni Anatolia (Asya Minor, Turkiya)
   - naninirahan sa Canaan ng mas naunang panahon (cf. Genesis 23; Josue 11:3)
5. Pherezeo
   - BDB 827
   - hindi Israelita, maaaring mga Huryano
   - naninirahan sa kagubatan ng Judah (cf. Genesis 34:30; Mga Hukom 1:4; 16:10)
6. Refaim
   - BDB 952
   - hindi Israelita, maaaring mga dambuhala (cf. Genesis 14:5; Mga Bilang 33:33; Deuteronomio 2:10-11,20)
   - naninirahan sa silangang panig ng Jordan
   - lipi ng mga mandirigma /mga bayani
7. Amorrheo
   - BDB 57
   - Hilagang kanlurang Semitikong pangkap ng mga tao ng nagsimula kay Ham (cf. Genesis 10:16)
   - Naging pagkalahatang katawagan sa mga naninirahan sa Canaan (cf. Genesis 15:16; Deuteronomio 1:7; Josue 10:5; 24:15; II Samuel 21:2)
   - Ang pangalan ay maaaring mangahulugang "ang kanluran"
   - ang ISBE, tomo 1, p. 119, ay nagsasabing ang salita ay nangangahulugang
     a. mga naninirahan sa Palestino sa pangkalahatan
     b. ang mga mamamayan ng bansa sa burol na salungat sa baybaying kapatagan
     c. isang partikular na pangkat na may sariling hari
8. Cananeo
   - BDB 489
   - mula kay Ham (cf. Genesis 10:15)
   - pangkalatahang katawagan sa lahat ng mga tribo ng Canaan sa kanluran ng Jordan
   - ang kahulugan ng Canaan ay di-tiyak, maaaring "mangangalakal" o "pulang kulay ube na pangkulay"
   - bilang isang pangkat ng tao na naninirahan sa baybaying kapatagan (cf. Mga Bilang 13:29)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9. | Gergeseo | - | BDB 173 |
| | | - | mula kay Ham (cf. Genesis 10:16) o kahit man lang "mula sa isang anak ng [i.e., ang bansa ng] Canaan," ISBE, tomo 2, p. 1232) |
| 10. | Jebuseo | - | BDB 101 |
| | | - | mula kay Ham (cf. Genesis 10:16) |
| | | - | mula sa lungsod ng Jebus/Salem/Herusalem (cf. Josue 15:63; Mga Hukom 19:10) |
| | | - | Ezekiel 16:3,45 ay nagpapahaya na sila ay magkahalong lahi na mula sa Amorrheo at Heteo |
| 11. | Mga Heveo | - | BDB 295 |
| | | - | mula kay Ham (cf. Genesis 10:17) |
| | | - | naisalin ng LXX bilang Horito (cf. Genesis 34:2; 36:20-30; Josue 9:7) |
| | | - | maaaring mula sa Hebreong salita na "yungib," samakatuwid ay naninirahan sa mga kweba o yungib |
| | | - | sila ay naninirahan sa matataas sa lupain ng Lebanon (cf. Josue 11:3; Mga Hukom 3:3). Sa II Samuel 24:7 sila ay nakatala kasunod ng Tiro at Sidon |

▣ **"pinakamana"** Ang tatluhang tambalang termino *kata* + *klēros* + *nemō* ay karaniwan sa Septuagint, ngunit ginamit lamang dito sa NT (ang ibang mga teksto ay may *kata* + *klēros* + *didōmi*). Ito ay nagpapahiwatig ng papababahagi bilang isang paraan ng paghahati sa Lupang Pangako sa mga angkan (cf. Josue 13-19). Ang salitang *klēros* ay kung saan ating nakuha ang Ingles na salitang "*clergy*," ngunit sa NT ito ay palaging tumutukoy sa katawan ng mga mananampalataya, hindi sa isang piniling (elitistang) pangkat!

▣ **"apat na raa't limangpung taon"** Ang bilang na ito ay tila dumating sa pamamagitan ng:

1. 400 taong pagkakabihag sa Ehipto (cf. Genesis 15:13)
2. 40 taong paglalagalag sa ilang na yugto (cf. Exodo 16:35; Mga Bilang 14:33-34; 32:13)
3. 7-10 taong pananakop (cf. Josue 14:7,10)

Ang Textus Receptus (KJV) ay ikinilos ang bilang sa v. 20 at tila kinapapaloobn ng Mga Hukom (sumusunod kay Josephus, *Antiq*. 8.3.1), ngunit ng pagtititik na ito ay hindi ang mas matanda at mas mabuting unsyanong Griyegong mga kasulatan (cf. א, Isang, B, C), na mas akma sa I Mga Hari 6:1 na pagpe-petsa. Ang gatlang na matatagpuan sa ang NASB ay upang mapatingkad ang wastong lugar ng bilang.

**13:20** Ito ay tumutukoy sa ang yugto mula sa ang aklat ng Mga Hukom sa pamamagitan ng I Samuel 7.

**13:21** Ito ay tumutukoy sa I Samuel 8-10.

▣ **"apat na pung taon"** Ang panahong pariralang ito ay hindi matatagpuan sa OT maliban na ang OT kasulatang suliranin ay kaugnay sa I Samuel 13:1 na isinasama ang"apat-napu" (NIV). Si Josephus, *Antiq*. 6.14.9 ang nagbanggit din na si Saulo ay namuno ng "apat na pung" taon. Ang Septuagint ay kinaltas ang buong pangungusap at nagsisimula sa I Samuel 3:2. "Ang apat-napu" ay maliwanag na isang rabinikal na tradisyon.

**13:22 "Nasumpungan ko si David na anak ni Jesse na isang lalaking kinalulugdan ng aking puso"** Ito ay hindi isang tuwirang sipi mula sa OT ngunit ito ay tila isang tambalan ng Mga Awit 89:20 at I Samuel 13:14. Kailangang matandaan na ang pangangaral ni Pablo ay sumusunod sa saligang huwaran ng pagkasaysayang pagkakasalin ni Esteban sa Mga Gawa 7. Na si David ay maaaring tinawag na isang taong malapit sa puso ng Diyos, habang siya ay isang kilalang makasalanan (cf. Mga Awit 32,51; II Samuel 11), ay isang dakilang pagpapalakas sa lahat ng mga mananampalataya.

Ang pagsasamang ito ng sipi ay nagpapahiwatig ng maraming mga bagay.

1. Ito ay isang pamantayang kasanayan ng mga rabbi, na ipinaliwanag ang maraming di-karaniwang mga sipi sa OT sa NT.
2. Ito ay isa nang bahagi ng Kristyanong katesismo. Si Pablo ay kadalasang sumisipi mula sa sinaunang Kristyanong mga imno at maaaring ibang panitikan.
3. Ang siping ito ay natatangi kay Pablo at nagpapakita na si Lucas ay nakuha ang kanyang buod sa unang natalang mensaheng ito ni Pablo sa Mga Gawa na galing kay Pablo mismo.

▣

**NASB, NKJV "na gagawa ng buong kalooban ko"**
**NRSV "na magdadala ng aking mga kahiligan"**
**TEV "na gagawin ang naisin ko"**
**NJB "na maisasakatuparan ang buong kalooban ko"**

Ang talatang ito ay isang pagtatambal ng pagkabanggit sa OT. Ang bahaging ito ng pangungusap ay hindi sa mga talata ng OT. Sa OT konteksto, si Saulo ay masuwayin at tinanggihan. Ngunit ang buhay din ni David ay may pagsuway. Ang Diyos ay kumikilos sa mga makasalanang tao upang maisakatuparan ang Kanyang plano ng katubusan.

**13:23** Ito ay kaagapay ng Mga Gawa 7:52. Itong lahat ay mga pangako sa OT.

1. isang pagtubos sa pamamagitan ng binhi ng isang babae, Genesis 3:15
2. isang pinuno mula sa Judah, Genesis 49:10
3. isang darating napinuno tulad ni Moises, ang Propeta, Deuteronomio 18:15,18
4. isang pinuno mula kay David, II Samuel 7; Mga Awit 132:11; Isaias 11:1,10; Mateo 1:1
5. isang nagdurusang lingkod, Isaias 52:13-53:12
6. isang tagapagligtas, Lucas 2:11; Mateo 1:21; Juan 1:29; 4:42; Mga Gawa 5:31

Para kay Lucas, #4 ay ang kilala (cf. Lucas 1:32,69; 2:4; 3:31; Mga Gawa 2:29-31; 13:22-23). Ang Mesias ay nasa linya ni Jesse (cf. Isaias 9:7; 11:1,10; 16:5).

**13:24** Ang ministeryo at mensahe Juan de Bautista ay inilarawan sa Marcos 1:1-8; Mateo 3:1-11; Lucas 3:2-17; Juan 1:6-8,19-28. Tinupad ni Juan ang mga propesiya ng Mateo 3:1; 4:5-6. Ang kanyang pangangaral ng pagsisisi ay nagtatakda din ng huwaran para sa sinaunang pangangaral ni Hesus (cf. Mateo 4:17; Marcos 1:14-15).

Si Juan ay nagpahayag ng Isang Darating, na mas dakila sa kanya (cf. Mateo 3:11; Marcos 1:7; Lucas 3:16; Juan 1:27,30; Mga Gawa 13:25).

**13:25 "nang ginaganap na ni Juan ang kaniyang katungkulan"** Ang Diyos ay may tiyak na tungkulin para tuparin ni Juan. Ang pang-madlang ministeryon ni Juan ay tumagal lamang ng labing-walaong buwan. Ngunit, ano ang isang taon at kalahati kung ito ay puspos ng kapangyarihan ng Espiritu at paghahanda sa daan ng Mesias.

Nalalaman ni Pablo ang OT mula sa kanyang kabataan sa sinagogang paaralan at kanyang pagsasanay bilang isang rabbi sa ilalim ni Gamaliel sa Herusalem. Narinig niya ang ebanghelyo

1. mula kay Esteban
2. mula sa mga mananampalataya na kanyang inuusig
3. sa pamamagitan ng isang natatanging pangitain mula kay Hesus
4. mula sa isang karaniwang nananampalatayang Hudyo mula sa Damasco
5. sa pamamagitan ni Hesus sa Arabia
6. nang siya ay dumalaw sa iba pang mga Apostol

Sinusubukan niyang isipi si Hesus kapag kaya niya sa isang paksa. Dito sinipi niya ang mga salaysay ng Ebanghelyo ng Kanyang buhay

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:26-41

**26Mga kapatid, mga anak ng lahi ni Abraham, at ang mga sa inyo'y nangatatakot sa Diyos, sa atin ipinadadala ang salita ng kaligtasang ito. 27Sapagka't silang nanganananahan sa Herusalem at ang mga pinuno nila, dahil sa hindi nila pagkakilala sa kaniya, ni sa mga tinig ng mga propeta na sa tuwing sabbath ay binabasa, ay kanilang tinupad ang hatol sa kaniya. 28At bagaman hindi sila nakasumpong sa kaniya ng anomang kadahilanang sukat ipatay, gayon ma'y kanilang hiningi kay Pilato na siya'y patayin. 29At nang maganap na nila ang lahat ng mga bagay na nasusulat tungkol sa kaniya, ay kanilang ibinaba siya sa punong kahoy, at inilagay siya sa isang libingan. 30Datapuwa't siya'y binuhay na maguli ng Diyos sa mga patay: 31At siya'y nakitang maraming mga araw ng mga kasama niyang nagsiahon buhat sa Galilea hanggang sa Herusalem, na siyang mga saksi niya ngayon sa bayan. 32At dinadalhan namin kayo ng mabubuting balita ng pangakong ipinangako sa mga magulang, 33Na tinupad din ng Diyos sa ating mga anak nang muling buhayin niya si Hesus; gaya naman ng nasusulat sa ikalawang awit, Ikaw ay aking Anak, sa araw na ito ay naging anak kita. 34At tungkol sa muling binuhay niya, upang ngayon at kailan ma'y huwag nang magbalik sa kabulukan, ay nagsalita siya ng ganito, Ibibigay ko sa iyo ang banal at tunay na mga pagpapala ni David. 35Sapagka't sinabi rin naman niya sa ibang awit, Hindi mo ipagkakaloob na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan. 36Sapagka't si David, nang maipaglingkod na niya sa kaniyang sariling lahi ang pasiya ng Diyos, ay natulog, at isinama sa kaniyang mga magulang, at nakakita ng kabulukan. 37Datapuwa't yaong binuhay na maguli ng Diyos ay hindi nakakita ng kabulukan. 38Kaya maging hayag nawa sa inyo, mga kapatid, na sa pamamagitan ng taong ito'y ibinabalita sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan: 39At sa pamamagitan niya ang bawa't nananampalataya ay inaaring ganap sa lahat ng mga bagay, na sa mga ito'y hindi kayo aariing ganap sa pamamagitan ng kautusan ni Moises. 40Magsipagingat nga kayo, na baka magsisapit sa inyo ang sinalita ng mga propeta: 41Tingnan ninyo, mga mapagwalang-halaga, at mangapagilalas kayo, at kayo'y mangaparam: Sapagkat ako'y gumagawa ng isang gawa sa inyong mga kaarawan, Isang gawang sa anomang paraa'y hindi ninyo paniniwalaan kung saysayin sa inyo ng sinoman.**

**13:26 "mga anak ng lahi ni Abraham, at ang mga sa inyo'y nangatatakot sa Diyos"** Ito ay tumutukoy sa kapwa ang nakikinig na Hudyong (o nagbabagong-buhay) at ang mga Hentil (mga may takot sa Diyos) a nakakabit sa monoteismo ng Judaismo's at moralidad.

▣ **"ng kaligtasang ito"** Ito ay tumutukoy sa pangako ng Diyos sa pagtubos ng nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ng isang Mesias (cf. Genesis 3:15). Isinasam nito ang mga Hentil (cf. Genesis 12:5; Exodo 19:5-6; at Mga Gawa 28:28 at 13:46).

**13:27** Ito ay isang kalunos-lunos na talata. Binubuod nito nang malinaw ang pagiging bulag ng mga Hudyo sa Herusalem patungkol sa Banal na Kasulatan kahit na sila ay patuloy na nagbabasa nito. Sa pagkakawaglit ng pang-propesiyang mga tanda (cf. Mga Awit 22; Isaias 53; Zacarias; Malakias) at mga propesiya (Isaias, Jonas) sila ay naging ang pang-propesiyang tanda! Siya ay dumating sa Kanyang sariling, ngunit ang Kanyang sarili ay hindi Siya tinanggap (cf. Juan 1:11-12).

**13:28** Mga Gawa ay paulit-ulit na tinatala ang espiritwal na pananagutan ng mga Hudyo sa Herusalem (cf. 2:23,36; 3:13-15; 4:10; 5:30; 7:52; 10:;39; 13:27-28).

**13:29 "nila. . .kanila"** Ito ay maaaring tumutukoy sa iba't-ibang mga pangkat. Ang unang ay silang naghahangan ng Kanyang kamatayan (i.e., Hudyong pamunuan, ang karamihan ng tao sa harap ni Pilato). Ang pangalawa ay kinapapalooban ng mga nagnanais ng isang wastong paglilibing. Ito ay maaaring kinabibilangan ng mga tapat na Hudyo na nakita ang kawalang katarungan (katulad sa Mga Gawa 8:2, na kinapapalooban ng paglilibing kay Esteban) o lihim na mga alagad tulad ni Jose ng Arimathea at Nicodemo (cf. Juan 19:38-42).

▣ **"ang lahat ng mga bagay na nasusulat tungkol sa kaniya"** Ang buhay ni Hesus ay katuparan ng propesiya. Isang malakas na katibayan para sa inspirasyon ng Bibliya at ang pagka-Mesias ni Hesus ng Nazareth ay ang napapatunayang propesiya (cf. Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 10:43; 13:29; 24:14; 26:22).

Ito ay tiyak na totoo na maraming mga detalye ng buhay ni Hesus, na tinatawag na propesiya sa iglesiya ngayon, ay sa isang kaunawaan, tipolohiya. Maraming mga pangyayari ang naganap sa buhay ng Israel na tila nanggari din kinalaunan sa buhay ni Hesus (isang halimbawa, Osea 11:1). Kadalasang may kalabuan, pahilis na mga talata, na hindi maaaring naunawaan sa konteksto bilang pang-propesiya, ay tila humahakbang sa buhay na gaya ng pagtanaw sa panglupang karanasan ni Hesus (hal. Mga Awit 22; Isaias 53). Tinatanganan nito ang inspirasyon at sa kaunawaan ng pagdaloy ng pagkatubusang kasaysayan upang lubusang makilala ang pagpapaunang aninag ni Hesus sa OT. Nais kong idagdag na kahit na ang mga kinasihang manunulat ng NT ay gumamit ng tipolohiya, kahit na alegorya, na ang makabagong mga guro at mga mangangaral ay hindi dapat gumamit ng ganitong paraan ng pagbibigay-kahulugan! Tingnan ang Seminar ng Pagbibigay-kahulugan sa Bibliya ni Bob sa www.freebiblecommentary.org

▣ **"sa punong kahoy"** Tingnan ang mga tala sa 5:30 at 10:29.

**13:30,33,34,37 "Datapuwa't siya'y binuhay na maguli ng Diyos sa mga patay"** Pinaninindigan ng NT na ang lahat tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus:

1. ang Espiritu (cf. Roma. 8:11)
2. ang Anak (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. ang Ama (cf. Mga Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma. 6:4,9; 10:9; I Corinto 6:14; II Corinto 4:14; Galacia 1:1; Efeso 1:20; Colosas 2:12; I Thesalonica 1:10).

Ito ay ang pagpapatunay ng Ama sa katotohanan ng buhay at mga katuruan ni Hesus. Ito ay isang pangunahing aspeto ng *Kerygma* (i.e., nilalaman ng mga pangangaral sa Mga Gawa). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14.

**13:31 "maraming mga araw"** Mga Gawa 1:3 ay nagsabing "apat na pung araw." Subalit, ang apat na pu ay isang karaniwan paikot na bilang ng OT. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **"siya'y nakita"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng Muling Pagkabuhay sa 1:3

**13:32 "ng pangakong ipinangako sa mga magulang"** Ito ay tumutukoy sa panimulang pangako ni YHWH ksy Abraham para sa isang lupsin at isang binhi (cf. Genesis 12:1-3; Roma 4). Ang katulad na pangakong ito ng presensya at pagpapala ng Diyos ay paulit-ulit sa mga Patriarka at sa kanilang mga anak (cf. Isaias 44:3; 54:13; Joel 2:32). Ang OT ay tumutuon sa lupain, habang ang NT ay tumutuon sa "ang binhi." Ipinahiwatig ni Pablo ang totoong pangakong ito sa Roma 1:2-3.

**13:33** Ito ay sipi mula sa Mga Awit 2:7, na isang maharlikang pang-mesias na awit patungkol sa pagsasalungatan at tagumpay ng Ipinangakong Mesias ng Diyos. Si Hesus ay pinatay sa pamamagitan ng mga masasang kapangyarihan (tao at demonyo), ngunit ang Diyos ay binuhay Siya para sa tagumpay (cf. Roma. 1:4).

Ang talatang ito at Roma. 1:4 ay ginamit ng sinaunang mga erehe (*adoptionists*) upang bigyang-diin na si Hesus ay naging Mesias sa muling pagkabuhay. Mayroong tiyak na NT pagbibigay-diin kay Hesus na kinikilala at naluwalhati dahil sa Kanyang pagsunod, ngunit hindi kailangang ihiwalay ito mula sa Kanyang kaluwalhatian at pagka-Diyos bago pa ang paglalang (cf. Juan

1:1-5,9-18; Filipos 2:6-11; Colosas 1:13-18; Hebreo 1:2-3).

Ang katulad na PANDIWA, "muling buhayin" (*anistēmi*), ay ginamit sa Mga Gawa 3:26 ng Diyos na muling binuhay ang "Kanyang Lingkod"; sa Mga Gawa 3:22 ng Diyos muling binuhay ang Propeta (cf. 7:37; Deuteronomio 18:19). Ito ay tila may natatangigng paggamit sa "binuhay" mula sa patay (cf. vv. 30,34,37). Si Hesus ay "naitaas" bago Siya mamatay!

**13:34 "kailan ma'y huwag nang magbalik sa kabulukan"** Ito pahayag ay tumutukoy sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Siya ay ang unang sa mga nabuhay (mga unang bunga sa mga patay, cf. I Corinto 15:20) kaysa nawalang-malay lamang. Maraming mga tao ay naibalik sa pisikal na buhay sa ang Bibliya, ngunit silang lahat ay muling mamatay. si Enoch at Elias ay isinalin sa langit na walang kamatayan, ngunit sila ay hindi nabuhay muli.

▣ **"Ibibigay ko sa iyo ang banal at tunay na mga pagpapala ni David"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 55:3 mula sa LXX. Ang sipi ay nagsasama ng maramiha "mga tiyak na pagpapala," ngunit hindi tiniyak kung ano ang tumutukoy. Ito ay isang bagay na ipinasa mula sa Diyos kay David, kay Hesus, pagkatapos sa Kanyang mga tagasunod (MANGMARAMIHAN "iyo" sa sipi). Ang OT konteksto ay nagpapakita ang kahalagahan ng "iyo" (cf. Isaias 55:4-5 LXX, "Narito, ibinigay ko siya na pinakasaksi sa mga bayan, na patnubay at tagapagutos sa mga bayan. Narito, ikaw ay tatawag ng bansa na hindi mo nakikilala; at bansa na hindi ka nakikilala ay tatakbo sa iyo, dahil sa Panginoon mong Dios, at dahil sa Banal ng Israel; sapagka't kaniyang niluwalhati ka," Ang Septuagint, Zondervan, 1976, p. 890).

Ang mga pagpapala at mga pangako kay David (i.e., mga Hudyo) ay ngayon ay mga pagpapala at mga pangako sa mga Hentil (i.e., ang buong lipi ng tao).

**13:35-37** Ito ay ang katulad na pangangatuwiran na ginamit sa naunang pangangaral ni Pedro sa Pentecostes (cf. 2:24-32), na kinuha din sa Mga Awit 16. Ang mga sinaunang pangangaral sa Mga Gawa ay nagpapakita ng isang sinaunang Kristyanong katesismo. Maraming OT na pang-Mesias na mga teksto ay nakataling magkasama. Samakatuwid, kadalasang ang MGA PANGHALIP at mga detalye na tila hindi makabuluhan sa pangunahing layunin ng NT may-akda, na siyang nagpapatibay ng pisikal na muling pagkabuhay ni Hesus at ang pagbaba ni David.

**13:38** Si Pablo ay gumagamit isang pangangatuwiran na pinapalakas ng OT, katulad ni Pedro (Mga Gawa 2) at Esteban (Mga Gawa 7) upang maabot ang mga tagapakinig sa sinagoga.

Ang mga pangako ni Pedro ng isang ganap at lubos na kapatawaran ng mga kasalanan, na nag Judaismo ay hindi maaaring ipagkaloob (cf. v. 39), sa lahat ng nagtitiwala kay Hesus bilang ang Kristo (i.e., "Ang Isang Ito," vv. 38,39).

**13:39 "sa pamamagitan niya ang bawa't-isa"** Pansinin ang pandaigdigang sangkap. Iniibig ng Diyos ang lahat ng mga tao at lahat mga tao na may kakayahan na tumugon sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. 10:43; Isaias 42:1,4,6,10-12; 55; Ezekiel 18:23,32; Joel 2:28,32; Juan 3:16; 4:42; Roma. 3:22,29,30; 10:9-13; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14).

▣ **"na nananampalataya"** Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 3:16 at 6:5.

▣

**NASB, NKJV "ay inaaring ganap sa lahat ng mga bagay" (v. 39)**
**NRSV "ay pinalaya mula sa lahat ng mga kasalanan" (v. 39)**
**TEV "ginawang malaya mula sa mga kasalanan" (v. 39)**
**NJB "inaring-ganap mula sa lahat mga kasalanan" (v. 38)**

Ito sa literal ay "inaring ganap" (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG). Ito ay isang legal na termino na naglalarawan ng ating katatayuan sa harap ng Diyos sa pamamagitang katuwiran ni Hesukristo (cf. II Corinto 5:21). Sa Hebreo, ang orihinal nito ay nangangahulugang isang "tambong dagat" (tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:14). Ito ay nagpapakita ng isang OT termino ng kayarian na ginamit nang matalinghaga para sa Diyos bilang ang pamantayan o panukat kung saan ang paghahatol ay maisasakatuparan.

▣ **"sa mga ito'y hindi kayo aariing ganap sa pamamagitan ng kautusan ni Moises"** Ito ay pangunahing teolohikong punto ni Pablo (cf. Roma. 3:21-30). Ang Kautusan ni Moises ay isang tagapagturo na nagdadala sa atin sa isang pagkakaunawa ng ating personal na kasalanan at ang magsasanhi sa atin na naisin si Kristo (cf. Galacia 3:23-29). Ang OT Kautusan ay hindi nangangahulugang ng kaligtasan, dahil ang lahat ay nagkasala (cf. Roma. 3:9-18,23; Galacia 3:22). Ito ay magiging isang hatol na kamatayan, isang sumpa (cf. Galacia 3:13; Colosas 2:14).

## NATATANGING PAKSA: MGA PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOSES

Ito ay mabuti at mula sa Diyos (cf. Roma 7:12,16).

A. Ito ay hindi paraan sa katuwiran at pagtanggap ngDiyos (ito ay maaaring maging isang sumpa, cf. Galacia. 3).

B. Ito pa rin ay kaloobaan ng Diyos para sa mga mananampalataya dahil ito ay sariling kapahayagan ng Diyos (Si Pablo ay malimit na bumabanggit ng OT upang usugin at/o himukin ang mga mananampalataya).
C. Ang mga mananampalataya ay tinuruan ng OT (cf. Roma 4:23-24; 15:4; I Corinto 10:6,11), ngunit hindi nangaligtas sa OT (cf. Gawa 15; Roma 4; Galacia 3; Hebreo).
D. Ito ay umiiral sa bagong kasunduan para:
   1. ipakita ang pagiging makasalanan (cf. Galacia 3:15-29)
   2. gabayan ng tinubos na sangkatauhan sa lipunan
   3. ipaalam ang mga wastong pagpapasiya na maka-Kristiyano

Nandito sa teolohikal na pagtatalakay mula sa pagsumpa at pagkamatay patungong pagpapala at pananatili na nagdudulot na suliranin sa pagsubok na pag-unawa ng pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moses. Sa *One Man in Christ*, si James Stewart ay ipinakita ang kabalintunaan ng pag-iisip at pagsulat sa Pablo:

> "“Karaniwan mong aasahan ang isang taong magtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng kaisipan at katuruan upang maayos nang may kahigpitan hanga't maaari ang mga kahulugang kanyang ginamit. Aasahan mo siyang maglayon nang may katumpakan sa pag-aaral ng parilala ng kanyang mga pangunahing kaisipan. Maaari mong angkinin na ang isang salita, na ginamit na minsan ng iyong manunulat sa isang natatanging kahulugan, ay kailangang madala ang kahulugan saanman. Ngunit kung titingnan mo ito galing kay Pablo, ito ay kabiguan. Karamihan sa pag-aaral ng parilala ay maluwang, hindi mahigpit. . . 'Ang kautusan ay banal' kanyang sinulat, 'Ako'y nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob' (cf. Roma 7:12,22) ngunit ito ay malinaw sa ibang aspeto ng *nomos* na magduduloy sa kanyang sabihin sa ibang banda, 'Si Kristo ang nagtubos mula sa sumpa ng kautusan (cf. Galacia 3:13)" (p. 26).

**13:40-41** Si Pablo ay nananawagan sa kanyang mga tagapakinig (PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS) na tumugon sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Hesus bilang ang Ipinangakong Mesias, bilang ang tanging daan upang matanggap ang kapatawaran (cf. Juan 14:6; Mga Gawa 4:12; I Timoteo 2:5).

Sinipi niya nag Habakkuk 1:5 mula sa ang Septuagint bilang isang babala. Sa ibang lugar ng mga sulat ni Pablo siya ay sumipi ng Habakkuk 2:4 bilang isang nararapat na pagtugon (cf. Roma. 1:17; Galacia 3:11). Si Pablo ay nangangaral para sa isang pagpapasiya. Ang intelektwal na pagpayag ay hindi sapat; isang buong personal na pagsuko kay Hesus bilang ang tanging pag-asa ang kailangan. Ang panimulang pananampalataya at pagsisising pagtugon ay kailangang umakma sa pang-araw-araw na pamumuhay na katulad ni Kristo.

Ang talatang 41 ay naglalarawan ng nakakagular na bagong pamamaraan ng kaligtasan sa bagong kasunduan kay Kristo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:42-43

**42 At pagalis nila, ay kanilang ipinamanhik na salitain sa kanila ang mga salitang ito sa sabbath na susunod. 43 Nang makaalis nga ang kapisanan sa sinagoga, marami sa mga Hudyo at nangaging-Hudyong masisipag sa kabanalan ay nagsisunod kay Pablo at kay Bernabe; na, sa pagsasalita sa kanila, ay sila'y hinimok na magsipanatili sa biyaya ng Diyos.**

**13:42** Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Espiritu (1) sa paggamit ng pangangaral ni Pedro at (2) sa pagkauhaw para sa kapatawaran at pagpapalik-loob sa Diyos sa loob ng mga puso ng mga tao na nilikha sa larawan ng Diyos.

**13:43**
**NASB** **"nangaging-Hudyong masisipag sa kabanalan"**
**NKJV** **"mga mataapat sa kabanalan"**
**NRSV** **"matatapat na nagbalik-loob sa Judaismo"**
**TEV** **"mga Hentil na nagbalik-loob sa Judaismo"**
**NJB** **"mga matatapat na nagbalik-loob"**

Ang pariralang ito sa literal ay "nananambahang mga nagbagong-buhay." Ito ay iba't-ibang pangkat mula sa "mga may takot sa Diyos" ng vv. 16,26 (cf. 10:2,22,35).

Ang talatang 43 ay tumutukoy sa mga Hentil na tuluyang magiging mga Hudyo. Kinakailangan nito
1. ang sariling-bautismo sa ang presensya ng mga saksi
2. pagtutuli para sa mga lalaki
3. pag-aalay ng isang handog sa Templo sa Herusalem kung kinakailangan

Mayroong ilang mga sanggunian sa Hudyong mga nagbagong-buhay sa NT (cf. Mateo 23;15; Mga Gawa 2:11; 6:5; 13:43).

▣ **"hinimok na magsipanatili sa biyaya ng Diyos"** Mula sa kontekston ay mahirap bigyang kahulugang sa pariralang ito.
1. ilan sa mga tagapakinig ay maaaring tumugon na sa ebanghelyo sa kanilang mga puso
2. silang mga matapat sa kung ano ang kanilang naunawaan sa biyaya ng Diyos ng OT ay hinihimok na magpatuloy na hanapin ang Diyos at muling makinig kay Pablo (cf. v. 44)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:44-47

**[44]At nang sumunod na sabbath ay nagkatipon halos ang buong bayan upang pakinggan ang salita ng Diyos. [45]Datapuwa't nang makita ng mga Hudyo ang mga karamihan, ay nangapuno ng kapanaghilian, at tinutulan ang mga bagay na sinalita ni Pablo, at nagsipamusong. [46]At nagsipagsalita ng buong katapangan si Pablo at si Bernabe, at nagsipagsabi, Kinakailangang salitain muna ang salita ng Diyos sa inyo. Yamang inyong itinatakuwil, at hinahatulan ninyong hindi kayo karapatdapat sa walang hanggang buhay, narito, kami ay pasasa mga Gentil. [47]Sapagka't ganito ang ipinagutos sa amin ng Panginoon, na sinasabi, Inilagay kitang isang ilaw ng mga Gentil, Upang ikaw ay maging sa ikaliligtas hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa.**

**13:44** Ang mensahe ni Pablo ay may isang maliwanag na pagtatama. Ito ay isa ring *hyperbole*. HIndi bawat-isa sa lungsod ang nakadalo.

▣
**NASB, NRSV,**
**TEV** **"ang salita ng Panginoon"**
**NKJV, NJB,**
**REB** **"ang salita ng Diyos"**

Mayroong isang Griyegong kasulatang pagkakaiba sa puntong ito.

1. Panginoon ay sa MSS $P^{74}$, א, A, $B^2$
2. Diyos ay sa MSS B, C, E

Ang UBS[4] ay inilalagay "Panginoon" sa teksto, ngunit inantasan ito na "C" (may kahirapan sa pagpapasiya). Sa maraming mga kaibahan, hindi nito binabago ang kaunawaan ng teksto. Ang ebanghelyo ay isang maka-Diyos na kapahayagan patungkol kay Hesus, ang Mesias/Kristo.

**13:45 "ang makita ng mga Hudyo ang mga karamihan. . . kapanaghilian"** Kung ito ay maraming nagsidalo o malaking bilang ng mga Hentil sa mga tao na nagdulot ng panibugho ay di-tiyak sa kontekstong ito. Ang panibugho ay ipinapalagay sa Hudyong pamunuan kapwa sa Herusalem at Diaspora. (cf. Mateo 27:18; Marcos 15:10; Mga Gawa 17:5).

Sa huli sa Roma, si Pablo ay nagpalago ng teolohikong suliranin ng walang pananampalataya ng mga Hudyo (cf. Roma 9-11). Siya ay nagpapahayag na ang Diyos ay pansamantalang binulag ang Israel upang ang mga Hentil ay maaaring maligtas. Subalit, Gagamitin ng Diyos ang kaligtasan ng mga Hentil bilang isang ay kaparaanan (i.e., panibugho) na pagduduloy sa Israel na tumugon kay Kristo, upang ang lahat ng mga mananampalataya ay magkakaisa sa pamamagitan ng ebanghelyo (cf. Efeso 2:11-3:13).

Ang suliranin ay kung kailan ito nangyari? Ang katulad na katanungan ay maaaring itanong sa Zacarias 12:10. Ang propesiya bang ito ay kaugnay sa ang sinaunang iglesiya, na binubuo ng nananampalatayang mga Hudyo, o sa isang panghinaharap na yugto? Ang panibugho ay isang kaparaanan na may katubusang layunin (cf. Roma 10:19; 11:11,14), ngunit ang panibugho ba sa tekstong ito ay nagdudulot ng kawalan ng pananampalataya!

▣ **"nangapuno ng kapanaghilian"** Tingnan ang tala sa 3:10.

▣ **"nagsipamusong"** Gaya ng mga Hudyo na ipinagtatanggol ang kanilang mga tradisyon at linabanan ang pangangaral ni Pablo, sila sa kanilang mga sarili ay may kasalanan ng pamumusong. Walang gitnang bahagi dito. Alinman sa Judaismo o Kristiyanismo ay isang tunay na paglalarawan ng kalooban ng Diyos. Sila ay itinatangi!

**13:46 "nagsipagsalita ng buong katapangan"** Ito ay isa sa mga tanda ng Mga Gawa na bilang puspos ng Espiritu.

▣ **"'Kinakailangang salitain muna ang salita ng Diyos sa inyo"** Ito ay ang huwaran ng sinaunang pang-misyong pangangaral. Ang mga Hudyo ay ang inuna (cf. Romans 9-11), ngunit ang Diyos ay isinama ang mga Hentil. Silang nasa sinagoga ay nalalaman na ang kanilang OT at maaaring tingnan ang mga propesiya. Mga Gawa ay mayroong isang kalipunan ng mga teksto sa konsepto at huwarang ito (cf. 3:26; 9:20; 13:5,14; 16:13; 17:2,10,17).

▣ **"'inyong itinatakuwil"** Ito ay isang malakas na PANDIWA (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG) na ginamit nang maraming beses sa Septuagint. Ang saligan nito ay nangangahulugang "itulak palayo." Ito ay ginamit ng mga Israelita sa pangangaral ni Esteban (cf. 7:39). Ito rin ay ginamit ni Pablo sa Roma. 11:1-2 sa pagbibigay-diin na ang Diyos ay hindi itinanggi ang Kanyang bayan, ngunit tinanggihan nila ang Kanyang Anak, Kanyang tanging kaparaanan ng kaligtasan, Kanyang lubusang kapahayagan.

▣ **"'hinahatulan ninyong hindi kayo karapatdapat sa walang hanggang buhay"** Mahirap tanganan ang konseptong ng predestinasyon, na ay nagbibigay-diin nang may kadalasang saMga Gawa, na may konseptong ng pag-uutos sa mga indibidwal ng

personal na pagtugon. Walang sinuman ang makakarating sa pananampalataya na walang paglapit ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65), ngunit tayo ay hahatulan sa pamamagitan ng ating pagtugon o hindi. Sa pamamagitan ng kanilang pagtanggi ng sa pangangaral ng ang ebanghelyo ni Pablo, kanilang naihayag ang kanilang tunay na mga sarili (cf. Juan 3:17-21). Ang sisi para sa kakulangan ng pagtugon ay hind maaaring ilagay sa Diyos. Siya ay mayroong ipinagkaloob na daan, Kanyang Anak, ngunit Siya lamang ang daan! Ito ay ang hiwaga ng "kawalang pananampalataya"!

▣ **"kami ay pasasa mga Gentil"** Ito ay naging isang karaniwang huwaran nga pangangaral ng ebanghelyo (cf. 18:6; 22:21; 26:20; 28:28; Roma 1:16).

**13:47** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 49:6 (cf. 42:6) mula sa ang Septuagint. Si Simeon ay ginamit ang siping ito at ang pagpapala ni Hesus sa Lucas 2:32 upang pangtibayin ang Kanyang pang-Mesias na layunin ng pandaigdigang katubusan (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8). Ito rin ay maaari na ang "liwanag" sa konteksto ay tumutukoy sa pangangaral nina Pablo at Bernabe ng aebanghelyo sa mga Hentil (cf. "Use of the Old Testament in the New," ni Darrell Boch, p. 97 sa *Foundations for Biblical Interpretation*, Broadman & Holman Publishers, 1994). Ngayon, si Pablo gumagamit nito upang ipakita ang pandaigdigang pamamahayag ng pandaigdigang ebanghelyo!

Ang panghuling parirala, "sa kahuli-hulihang hangganan ng lupa," ay maaaring isang pagkabanggit sa 1:8. Pinapatingkad nito ang pandaigdigang ebanghelyo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:48-52

**48At nang marinig ito ng mga Gentil, ay nangagalak sila, at niluwalhati ang salita ng Diyos: at nagsisampalataya ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang hanggan. 49At lumaganap ang salita ng Panginoon sa buong lupain. 50Datapuwa't inudyukan ng mga Hudyo ang mga babaing masisipag sa kabanalan na may mga kalagayang mahal, at ang mga mahal na tao sa bayan, at nangagbangon ng paguusig laban kay Pablo at kay Bernabe, at kanilang pinalayas sila sa kanilang mga hangganan. 51Datapuwa't ipinagpag nila ang alabok ng kanilang mga paa laban sa kanila, at nagsiparoon sa Iconio. 52At ang mga alagad ay nangapuspos ng kagalakan at ng Banal na Espiritu.**

**13:48 "At nang marinig ito ng mga Gentil, ay nangagalak sila, at niluwalhati ang salita ng Diyos"** Maraming sa kanila ang dumadalo na sinagoga sa maraming taon at di kailanman narinig ang napapabilang, pandaigdigang mensahe ng pag-ibig at pagtanggap ng Diyos ng lahat sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Mesias. Nang narinig nila ito, sila masiglang tinanggap ito (cf. 28:28) at inilipat ito sa iba (cf. v. 49).

▣ **"nagsisampalataya ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang hanggan"** Ito ay isang maliwanag na pahayag ng predestinasyon (lubhang karaniwan sa mga rabbi at Intertestamental na Hudyong panitikan), ngunit ito ay katulad na may kalabuang pakikipag-ugnayan na gaya ng lahat NT ng mga talata na nag-uugnay sa kabalintunaan ng pagpili ng Diyos at malayang pagpapasya ng tao (cf. Filipos 2:12, 13). Ito ay isang *PLUPERFECT* NA BALINTIYAK NA PAIKUT-IKOT na nagmula isang pang-militar na termino (*tassō*) na nangangahulugang "ipatala" o "italaga."

Ito konseptong ng pagpapatala ay tumutukoy sa dalawang matalinghagang aklat na iniingatan ng Diyos (cf. Daniel 7:10; Pahayag 20:12). Ang una ay ang Aklat ng mga Gawa ng tao(cf. Mga Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; at Mal. 3:16). Ang isa pa ay ang Aklat ng Buhay (cf. Exodo 32:32; Mga Awit 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Filipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:12-15; 21:27). Tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan para sa isang Teolohikong Pagtitimbang sa 2:47.

**13:50 "Datapuwa't inudyukan ng mga Hudyo ang mga babaing masisipag sa kabanalan"** Ang tekstong ito ay nagbibigay ng pagkasaysayan at pangkulturang kalalagayan ng itinaas na lugar ng mga babae sa Asya Minor sa unang siglo (cf. 16:14; 17:4).

Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa mga nagbagong-buhay sa Judaismo na siyan ding pinuno sa komunidad o ikinasal sa mga pinunong sibil. T. Robertson, *Word Pictures of the New Testament*, tomo 3, p. 201, ay nagbigay-ddin na ang Hentil na mga babae ay lubhang naaakit sa Judaismo (cf. *Strabo* 7:2 at *Juvenal* 6:542) dahil sa moralidad nito.

▣ **"nangagbangon ng paguusig laban kay Pablo"** Tutukuyin ito ni Pablo sa II Timoteo 3:11.

**13:51 "ipinagpag nila ang alabok ng kanilang mga paa laban sa kanila"** Ito ay isang Hudyong tanda ng pagtanggi (cf. Mateo 10:14; Marcos 6:11; Lucas 9:5; 10:11). Ito ay di-tiyak kung ito ay tumutukoy sa (1) alikabok sa kanilang mga paa at pangyapak mula sa paglalakad o (2) alikabok na kumapit sa kanilang mga balabal nang sila ay gumagawa.

▣ **"Iconio"** Ito ay isang pangunahing lungsod ng Lycaonia, na nasa Romanong lalawigan ng Galacia. Ito ay patungkol sa walumpung milya sa silangan, timog-silangan ng Pisidian Antioquia at nasa kagyat na hilaga ng Listra.

**13:52 "nangapuspos ng kagalakan"** Ito ay isang DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na maaaring mangahulugang simula ng isang pagkilos o ang paulit-ulit na isang pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang NASB, 1995 binago, ay tinitingnan ito

sa ang pangalawang kaunawaan. Tanging ang Banal na Espiritu lamang ang makakapagkaloob ng kagalakan sa gitna ng pag-uusig (cf. Roma. 5:3; Santiago 1:2ff; I Pedro 4:12ff).

Ang pariralang “ang mga alagad” ay may kalabuan. Does ito tumutukoy sa ang bagong mga mananampalataya, ang pang-misyong team, o ay kapwa?

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hindi maaaring gamitin ang 13:2-3 bilang isang pagpapatunay-teksto para sa ordinasyon ng isang piniling pangkat?
2. Bakit bakit unang nangaral si Pablo sa sinagoga?
3. Bakit linisan ni Juan Marcos ang pang-misyong pangkat? (cf. v. 13)
4. Paano nauugnay ang v. 39 sa Galacia 3?
5. Ipaliwanag v. 48b sa kaugnayan ni sa predestinasyon at malayang pagpapasya ng tao.

# MGA GAWA 14

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Sina Pablo at Bernabe sa Iconio | Sa Iconio | Ang ministeryo sa Rehiyon ng Iconio at ang Pagbalik | Sa Iconio | Pag-e-ebanghelyo sa Iconio |
| 14:1-7 | 14:1-7 | 14:1-7 | 14:1-4 | 14:1 |
| | | | | 14:2 |
| | | | | 14:3 |
| | | | | 14:4-7 |
| | | | 14:5-7 | |
| Sina ablo at Bernabe sa Listra | Pagsamba sa diyus-diyosan sa Listra | | Sa Listra at Derbe | Ang pagpapagaling |
| 14:8-18 | 14:8-18 | 14:8-18 | 14:8-13 | 14:8-10 |
| | | | | 14:11-18 |
| | | | 14:14-18 | |
| | Pagbato, Pagtakas sa Derbe | | | Pagtapos ng Misyon |
| 14:19-20 | 14:19-20 | 14:19-20 | 14:19-20 | 14:19-20 |
| Ang Pagbalik sa Antioquia sa Siria | Pagpapalakas ng mga mananampalataya | | Ang Return sa Antioquia sa Siria | |
| 14:21-28 | 14:21-28 | 14:21-23 | 14:21-23 | 14:21-23 |
| | | 14:24-28 | 14:24-26 | 14:24-26 |
| | | | 14:27-28 | 14:27-28 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

## Paano maiuugnay ang Misyon ni Pablo sa Galacia?

A. Ang dalawang aspetong ito ng kaligirang kasangkapan ay kailangang isaalang-alang na magkasama dahil dalawang magkasalungat na mga teoriya ng mga pagkakilanlan ay nakakaapekto sa pagtataya ng petsa ng ang sulat. Kapwa mga teoriya ay may lohikong bigat at limitadong biblikal na katibayan.

B. Ang dalawa mga teoriya
   1. Ang tradisyonal teoriya na walant tumututol hanggang ang ika-18 siglo.
      a. Ito ay tinawag na ang "Teoriya ng Hilagang Galacia."
      b. Ipinagpapalagay nito ang ang "Galacia" ay tumutukoy sa etnikong Galacia ng hilagang gitnang talampas ng Turkey (cf. I Pedro 1:1). Ang etnikong Galacia ay mga Keltiko (Griyegong *Keltoi* o Lating *Gall*) na sumakop sa lugar na ito ng ika-3 siglo B.C. Sila ay tinawag na "Gallo-Graecians" upang pag-ibahin sila mula sa kanilang kanluraning Europeong mga kalahi. Sila ay natalo noong 230 B.C. ni Attalus I, ang Hari ng Pergamo. Ang kanilang heograpikong impluwensiya ay limitado sa hilagang gitnang Asya Minor o makabagong Turkey.
      c. Kung ang etnikong pangkat na ito ang ipinagpapalagay, ngayon ang date ay maaaring nasa gitnat 50's sa panahon pangalawa o pangatlong pang-misyong paglalakbay ni Pablo. Ang maaaring kasama ni Pablo sa paglalakbay ay sina Silas at Timoteo.
      d. Ang ilang ay inuugnay ang pagkakasakit ni Pablo sa Galacia 4:13 na malaria. Ipinapahayag nila na si Pablo ay pumunta ng hilaga sa mga kabundukan upang makaiwas sa malati, pinamumugaran ng malaria na baybaying mababang lupain.
   2. Ang pangalawang teoriya ay ay pinangungunahan ni Sir Wm. M. Ramsay, *St. Paul the Traveler and Roman Citizen*, New York: G. P. Putnam's Sons, 1896.
      a. Datapwat ang tradisyonal na teoriya ay tinatakda na "Galacia" bilang etniko, ang teoriyang ito ay itinatakda ito bilang sa pamamahala. Ito ay tila si Pablo ay kadalasang ginamit ang omanong panglalawigang mga pangalan (cf. I Corinto 16:19; II Corinto 1:1; 8:1, atbp.) Ang Romanong lalawigan ng "Galacia" ay isinama sa isang mas malaki kay sa etnikong "Galacia." Ang etnikong mga Keltiko ay itinaguyod ang Roma nang napakaaga at ginantimpalaan ng mas maraming lokal na awtonomiya at malawak na pangteritoryong kapangyariah. Kung ang malaking lugar na ito ay kilala bilang "Galacia," ngayon, ito ay maaari na sa unang pang-misyong paglalakbay ni Pablo sa mga katimugang mga lungsod ng Antioquia sa Pisidia, Listra, Derbe at Iconio, na nakatala sa Mga Gawa 13-14, ay ang kinatatagpuan ng mga iglesiyang ito.
      b. Kung isa ay ipinagpapalagay ang "Teoriya sa Katimugan," ang petsa ay maaaring napakaaga—malapit sa, ngunit bago, ang "Konseho ng Herusalem" saMga Gawa 15, na tumatalakay sa katulad na paksa gaya ng aklat ng Galacia. Ang Konseho ay naganap noong A.D. 48-49 at ang sulat ay maaaring isinulat sa panahon ng ang katulad na yugto. Kung ito ay totoo, ang Galacia ay ang unang sulat ni Pablo sa ating Bagong Tipan.
      c. Ang ilang mga katibayan para sa Teoriya ng Katimugang Galacia
         (1) Walang nabanggit na mga kasamahan ni Pablo sa paglalakbay sa pangalan, ngunit si Bernabe ay nabanggit ng tatlong beses (cf. 2:1,9,13). Ito ay tumutugma sa unang pang-misyong paglalakbay ng Pablo.
         (2) Ito ay nabanggit na si Tito ay hindi natuli (cf. 2:1-5). Ito umaakma bago ang Konseho ng Herusalem sa Mga Gawa 15.
         (3) Ang pagkabanggit kay Pedro (cf. 2:11-14) at ang suliranin ng pakikipag-ugnayan sa mga Hentil ay umaakma bago ang Konseho ng Herusalem.
         (4) Noong ang salapi ay nalikom sa Herusalem maraming mga kasamaha ni Pablo mula sa iba't-ibang mga lugar (cf. Mga Gawa 20:4) ang naitala. Wala, gayunman, ang naitala mula sa hilagang lungsod ng Galacia, kahit na nalalaman natin na ang mga iglesiya sa etnikong Galacia ay lumahok (cf. I Corinto 16:1).

      Para sa isang detalyadong pagbabakilala ng iba't-ibang mga pangangatuwiran patungkol sa sa mga teoriyang ito, sumangguni sa isang teknikal na komentaryon. Bawat-isa ay may mga katuwiran. Sa punto ito, sa panahon na walang pagkakasundo, ngunit ang "Katimugang Teoriya" ay ay tila pinaka-umaakma sa mga katunayan.

C. Ugnaya ng Galacia sa Mga Gawa
   1. Si Pablo ay dumalaw sa Herusalem nang limang beses, na naitala ni Lucas sa aklat ng Mga Gawa
      a. 9:26-30, pagkatapos ng kanyang pagbabagong-loob
      b. 11:30; 12:25, magdala ng mga tulong mula sa Hentil na mga iglesiya
      c. 15:1-30, ang Konseho ng Herusalem
      d. 18:22, maikling pagdalaw
      e. 21:15ff., isa pang pagpapalawak ng Hentil na gawain
   2. Mayroong dalawang pagdalawa sa Herusalem na naitala sa Galacia:
      a. 1:18, pagkatapos ng tatlong taon
      b. 2:1, pagkatapos ng labing-apat na taon

3. Ito ay tila napaka maaari na angMga Gawa 9:26 ay kaugnay sa Galacia 1:18. Mga Gawa 11:30 & 15:1ff. ay ang tagpuan ng di-nakatalang mga pagpupulong na nabanggit sa Galacia 2:1.
4. Mayroong ilang mga pagkakaiba sa mga salaysay ng Mga Gawa 15 at Galacia 2 ngunit ito ay maaaring dahil sa
   a. iba't-ibang mga pananaw
   b. iba't-ibang mga layunin nina Lucas at Pablo
   c. ang katotohanan na ang Galacia 2 ay maaaring naganap bago ang pagpupulong na inilarawan sa Mga Gawa 15 ngunit sa kaugnayan nito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:1-7

**[1]At nangyari sa Iconio na sila'y magkasamang nagsipasok sa sinagoga ng mga Hudyo, at nangagsalita ng gayon na lamang na ano pa't nagsisampalataya ang lubhang marami sa mga Hudyo at sa mga Griyego. [2]Datapuwa't inudyukan ng mga Hudyong suwail ang mga kaluluwa ng mga Gentil, at pinasama sila laban sa mga kapatid. [3]Nagsitira nga sila doon ng mahabang panahon na nagsisipagsalita ng buong katapangan sa Panginoon, na nagpapatotoo sa salita ng kaniyang biyaya, na ipinagkakaloob na gawin ng kanilang mga kamay ang mga tanda at mga kababalaghan. [4]Datapuwa't nagkabahabahagi ang karamihan sa bayan; at ang isang bahagi'y nakisama sa mga Hudyo, at ang ibang bahagi'y nakisama sa mga apostol. [5]At nang gawin ang pagdaluhong ng mga Gentil at ng mga Hudyo naman na kasama ang kanilang mga pinuno, upang sila'y halayin at batuhin, [6]At sa pagkaalam nila nito, ay nagsitakas na patungo sa mga bayan ng Licaonia, Listra at Derbe, at sa palibotlibot ng lupain: [7]At doon nila ipinangaral ang ebanghelyo.**

**14:1 "Iconio"** Mayroong isang pangalawang siglo di-kanonikal na aklat na kilala bilang *The Acts of Paul and Thekla*, na na nag-ulat ng mga gawain ni Pablo sa Iconio. Ang aklat na ito ay maaaring nagtataglay lamang ng pisikal na paglalarawan ni Pablo na nakatala: pandak, panot, sakang, makapal na kilay, at luwa ang mata. Ito ay lubos na hindi nakakapagbigay ng lakas ng loob ngunit naglalarawan impluwensiya ni Apostol Pablo sa rehiyon ng Asya Minor. Karamihang ng mga lugar na ito ay nasa Romanong Lalawigan ng Galacia.

▣ **"nagsipasok sa sinagoga"** Ito ang karaniwang huwaran nina Pablo at Bernabe. Ang mga tagapakinig na ito na kapwa mga Hudyo at mga Griyego, ay maaaring malapit sa OT mga propesiya at mga pangako.

▣ **"ano pa't nagsisampalataya ang lubhang marami sa mga Hudyo at sa mga Griyego"** Ang pariralang ito ay nagpapakita ang layunin ng Mga Gawa. Ang ebanghelyo ay lumalaganap na masigla sa iba't-ibang mga pangkat ng tao. Ang mga pahiwatig ng OT mga pangako sa lahat sangkatauhan (cf. Genesis 3:15; 12:3) ay naisasakatuparan na ngayon.

Ito ang mga buod na salaysay na nag-uugnay sa mabilis na paglago ng iglesiya na katangian ng mga sulat ni Lucas.

**14:2 "inudyukan ng mga Hudyo"** Ang kaligtasan ay maitatangi sa "pananampalataya" (cf. v. 1), ang espiritwal na pagkabulang at katigasan ng ulo ay maitatangi sa "pagsuway" o "kawalang ng pananampalatay." Ang pagtangi na tumugon sa ebanghelyo ay maghahatol sa isa sa pagkabulag at pagkapahamak!

Tinala ni Lucas ang mapinsalang pagsalungat ng Hudyong di-pananampalataya at aktibong pag-uusig. Ito ay kanilang pagtanggi na nagbukas ng pintuan ng pananampalataya sa ang mga Hentil (cf. Roma 9-11).

▣ **"suwail"** Ito ay isang karaniwan Septuagint PANDIWA para sa rebellion (cf. I Samuel 3:12; 22:8; II Samuel 18:31; 22:49; I Cronica 5:26), ngunit ito ay ginamit sa ang NT lamang sa Mga Gawa 13:50 at dito.

▣ **"pinasama"** Ito ay isa pang karaniwan termino sa Septuagint upang ilarawan ang kasamaan, mapang-abusong tao na nagpapakita ng kasamaan sa iba. Madalas na gamitin ni Lucas ang terminong ito sa Mga Gawa (cf. 7:6,19; 12:1; 14:2; 18:10).

**14:3** A Diyos ay ginamit ang himal upang patunayan ang Kanyang mapagbiyayang katangian at ang katapatan ng ebanghelyo ni Hesukristo sa bagong dakong ito (cf. 4:29-30; Hebreo 2:4).

**14:4 "Datapuwa't nagkabahabahagi ang karamihan sa bayan"** Ang salita ng katotohanan palaging naghahati (cf. 17:4-5; 19:9; 28:24; Mateo 10:34-36). Ang ilang mga Hudyo sa Sinagoga nanampalataya, ngunit ang iba ay naging mapanlaban sa ebanghelyo.

▣ **"ibang bahagi'y nakisama sa mga apostol"** Ito ay tumutukoy kapwa kina Pablo at Bernabe. Sa kabanatang ito (i.e., 14:4 at 14) ito lamang ang panahon na ginamit ni Lucas ang terminong ito upang tumutukoy sa sinuman maliban sa orihinal na Labindalawa. Si Bernabe ay tinawag na isang apostol (cf. v. 14). Ito ay din ang pahiwatig sa I Corinto 9:5-6. Ito ay

maliwanag na isang malawak na paggamit ng terminong "apostol" kaysa Labindalawa. Si Santiago ang Matuwid (kapatid sa ina ni Hesus) ay tinawag na isang apostol sa Galacia 1:19; Sina Silvano at Timoteo ay tinawag mga apostol sa I Thesalonica 1:1 kasama ng 2:6; Andronico at Junio (Junia sa KJV), ay tinawag na mga apostol sa Roma. 16:6-7; at si Apolos ay tinawag na isang apostol sa I Corinto 4:6-9.

Ang labindalawang mga Apostol ay natatangi. Nang sila ay namatay walang simuman ang pumalit sa kanila (maliban kay Matthias para sa Judas, cf. Mga Gawa 1). Subalit dito ay isang nagpapatuloy na kaloob ng pagka-apostol na nabanggit sa I Corinto 12:28 at Efeso 4:11. Ang NT hindi nagtatakda ng sapat na impormasyon upang ilarawan ang mga tungkulin ng kaloob na ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ipinadala (*Apostellō*) na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: IPINADALA (*APOSTELLŌ*)

Ito ay karaniwang Griyegong salita para sa "ipinadala" (i.e., *apostellō*) Ang salitang ito ay mayroong ilang mga teolohikong pagkakagamit.

1. ang mga rabi ay ginagamit ito bilang isang tinawag at ipinadala bilang opisyal na kinatawan ng iba, isang bagay gaya ng sa ating Ingles na "embahador" (cf. II Corinto 5:20)
2. the mga Ebanghelyo ay kadalasang ginagamit itong salita ni Hesus na ipinadala ng Ama. Sa Juan ang salita ay kumukuha ng pag-Mesias na pakahulugan (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48 at lalo na sa Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ito ay ginamit sa pagsusugo ni Hesus ng mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21)
3. ang NT ay ginamit ito para sa mga alagad
   a. ang orihinal na labindalawang pangloob na pangkat ng mga alagad (cf. Lucas 6:13; Gawa 1:21-22)
   b. isang natatanging pangkat ng mga tumutulong sa Apostol at mga kamanggagawa
      (1) si Barnabas (cf. Gawa 14:4,14)
      (2) sina Andronico at Junias (KJV, Junia, cf. Roma 16:7)
      (3) si Apolos (cf. I Corinto 4:6-9)
      (4) si Santiago ang kapatid na lalaki ng Panginoon (cf. Galacia 1:19)
      (5) sina Silvano at Timoteo (cf. I Thesalonica 2:6)
      (6) maaaring si Tito (cf. II Corinto 8:23)
      (7) maaaring si Epaphrodito (cf. Filipos 2:25)
      (8) isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)

Si Pablo ay gumagamit ng ganitong katawagan (o titulo) sa sa kanyang sarili sa halos lahat ng kanyang mga sulat na isang paraan ng pagpapahayag ng kanyang kapamahalaan (awtoridad) na ipinagkaloob ng Diyos bilang kinatawan ni Kristo (cf. Roma 1:1; I Corinto 1:1; II Corinto 1:1; Galacia 1:1; Efeso 1:1; Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).

**14:5 "kasama ang kanilang mga pinuno"** Ito ay maaaring tumutukoy sa mga pinuno ng lungsod o ang mga pinuno ng sinagoga. Ang ilang sinaunang mga eskriba at makabagong tagapagbigay ng kahulugan (komentarista) ay nagbibigay-diin sa dalawang pag-uusig, (1) v. 2 at (2) v. 5, ngunit ang konteksto ay nagpapahiwatig na isa lamang.

▣
**NASB,**
**NRSV,**
**TEV** **"halayin"**
**NKJV** **"abusuhin"**
**NJB** **"salakayin"**

Ang Griyegong termino *hubrizō* ay mas matindi kay sa "pag-abuso," maaaring "mapoot," o "gumawa ng mga mararahas na pagkilos." Ito ay lubhang karaniwan sa Septuagint. Ginagamit ni Lucas ang terminong ito sa tatlong mga kaunawaan.

1. maghamak, Lucas 11:45
2. marahas na pagkilos, Lucas 18:32; Mga Gawa 14:5
3. pagkawala ng pisikal na ari-arian, Mga Gawa 27:10,21

▣ **"batuhin"** Ito pangalawang naglalarawang termino ay nagpapakita kung gaano karahas ang balak na pag-lusob ng mga sumasalungat sa mga mananampalataya. Maaaring ang Hudyong sangkap ay pinili ang tiyak na paraang ito dahil sa OT kaugnayan nito sa pamumusong (i.e., Levitico 24:16; Juan 8:59; 10:31-33).

**14:6 "nagsitakas na patungo sa mga bayan ng Licaonia, Listra at Derbe"** Ang Iconio ay nasa Phyrgia. Ito ay malapit sa hangganan ng isang pangkat na may ibang lahi. Ang detalyeng ito ay nagpapakita ang pagkamakasaysayan ng aklat ng Mga Gawa.

**14:7** Ang PANDIWA ay isang PAIKUT-IKOT NA GANAP NA PANGGITNA, na nangangahulugang sila ay paulit-ulit na nangaral. Ito

ay ang paksa ng pang-misyong paglalakbay ni Pablo (cf. 14:21; 16:10). Silang nagtiwala kay Kristo sa ilalim ng kanyang pangangaral ay naunawaan din ang madaliang pagkilos at ang kautusan na ipakilala ang ebanghelyo sa iba. Ito ay/ ang pagkauna (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8)!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:8-18

**8At sa Listra ay may isang lalaking nakaupo, na sa mga paa'y walang lakas, pilay mula pa sa tiyan ng kaniyang ina,
na kailan ma'y hindi nakalakad. 9Narinig nitong nagsasalita si Pablo: na, nang titigan siya ni Pablo, at makitang may
pananampalataya upang mapagaling, 10Ay nagsabi ng malakas na tinig, Magtindig kang matuwid sa iyong mga paa. At
siya'y lumukso at lumakad. 11At nang makita ng karamihan ang ginawa ni Pablo, ay nagsigawan sila, na sinasabi sa
wikang Licaonia, Ang mga diyos ay nagsibaba sa atin sa anyo ng mga tao. 12At tinawag nilang Jupiter, si Bernabe; at
Mercurio, si Pablo, sapagka't siya ang pangulong tagapagsalita. 13At ang saserdote ni Jupiter na ang kaniyang templo ay
nasa harap ng bayan, ay nagdala ng mga baka't mga putong na bulaklak sa mga pintuang-daan, at ibig maghaing
kasama ng mga karamihan. 14Datapuwa't nang marinig ito ng mga apostol, na si Bernabe at si Pablo, ay hinapak nila
ang kanilang mga damit, at nagsipanakbo sa gitna ng karamihan, na nagsisigaw, 15At nagsisipagsabi, Mga ginoo, bakit
ninyo ginagawa ang mga bagay na ito? Kami'y mga tao ring may mga karamdamang gaya ninyo, at nangagdadala ng
mabubuting balita sa inyo, upang mula sa mga bagay na itong walang kabuluhan ay magsibalik kayo sa Diyos na buhay,
na gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat, at ng lahat ng nasa mga yaon: 16Na nang mga panahong nakaraan ay
pinabayaan niya ang lahat ng mga bansa ay magsilakad sa kanilang mga sariling daan. 17At gayon man ay hindi
nagpabayang di nagbigay patotoo, tungkol sa kaniyang sarili, na gumawa ng mabuti at nagbigay sa inyo ng ulang galing
sa langit at ng mga panahong sagana, na pinupuno ang inyong mga puso ng pagkain at ng katuwaan. 18At sa mga
pananalitang ito ay bahagya na nilang napigil ang karamihan sa paghahain sa kanila.**

**14:8 "sa Listra"** Ang bayang ito ay ang tahanan ni Timoteo (cf. 16:1). Ito ay isang Romanong kolonya na naitatag sa pamamagitan ng Augusto noong A.D. 6. Maaaring walang sinagoga dito, kaya sina Pablo at Bernabe nangasiwa ng pangangaral sa lansangan.

▣ Upang walang posibilidad ng isang pandaraya o pang-abuso (cf. 3:2). Mayroong tatlong tiyak na pagtatanging mga parirala na naglalarawan ng palagiang kalagayan ng taong ito.

1. walang lakas sa kanyang paa
2. lumpo mula sa sinapupunan ng kanyang ina
3. di kailanman makakalakad

▣ **"walang lakas"** Ang terminong *adunatos* ay kadalasang ay nangangahulugang "hindi mangyayari" o sa literal "hindi makakaya" (cf. Lucas 18:27; Hebreo 6:4,18; 10:4; 11:6), ngunit dito sa Lucas ginagamit ito tulad ng medikong mga manunulat sa kaunawaan ng inutil o mahina (cf. Roma. 8:3; 15:1).

Ito ay nakakawili na ang Lucas, sa maraming paraan, ay nagtatambal ng mga ministeryo nina Pedroat Pablo. Sina Pedro at Juan ay nagpagaling ng isang lumpo sa 3:1-10 ito ay totoo din kina Pablo at Bernabe.

**14:9 "nang titigan siya ni Pablo"** Si Luca ay ginagamit ang pariralang ito nang madalas (cf. 3:4; 10:4). Tingnan ang tala sa 1:10. Nakita ni Pablo ang taong ito na marubdog na nakikinig. Samakatuwid, ipinag-utos niya sa kanya na tumayo at maglakad (cf. v 10) at kanyang nagawa!

▣ **"may pananampalataya upang mapagaling"** Ito ay ginamit sa kaunawaan sa OT ng terminong "naligtas," na nangangahulugang pisikal na pagpapalaya. Pansining ang kakayahang magpagaling ni Pablo ay batay sa kung saan ang pananampalataya ng tao. Ito ay kadalasang, ngunit hindi palagi, ang katayuan sa NT (cf. Lucas 5:20; Juan 5:5-9). Ang mga himala ay maraming mga tungkulin:

1. upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos
2. upang ipakita ang kapangyarihan at katotohanan ng ebanghelyo
3. upang sanayin at palakasin ang ibang mga mananampalatayang nandoon

**14:11 "sa wikang Licaonia"** Maliwanag na sina Pablo at Bernabe ay hindi naunawaan ang sinasabi ng karamihan ng tao. Ito ay ang katutubong wika ng rehiyon.

**14:12 "tinawag nilang Jupiter, si Bernabe; at Mercurio, si Pablo, sapagka't siya ang pangulong tagapagsalita"** Isang lokal na tradisyon ay nagbibigay-diin na ang Griyegong mga diyos ay kadalasang dumadalaw samga tao sa anyong tao (cf. Ovid, *Metamorphoses* 8:626ff). Mula sa lokal na mga tatak, natutunan nating na ang mga lugar na ito ay kung saan sinasamba sina Zeus at Hermes (cf. v. 13).

Pansinin na si Bernabe ay nabanggit ngu na. Ito ay ay maaaring dahil Pablo, bilang ang tagapagsalita, ay maaaring naunawaan sa pamamagitan ng mga paganong ito bilang ang bilang ang katumbas ni Hermes (Mercury); ang tahimik na si Bernabe

ay maaaring pagkatapos ang mataas na diyos, na si Zeus (Jupiter).

**14:13 "pintuang-daan"** Ito ay maaaring tumutukoy sa ang lungsod o, mas maaaring, sa ang templo ni Jupiter (Zeus) na matatagpuan sa labas ng pasukan sa lungsod at humaharap dito. Ito ay isang panahon ng malaking pagkalita at di pangkakaunawaan.

**14:14 "pintuang-daan"** Tingnan ang tala sa 14:4.

▣ **"hinapak nila ang kanilang mga damit"** Ito ay isang Hudyong tanda ng pagluluksa at pamumusong (cf. Mateo 26:65; Marcos 14:63). Ito rin ay dapat na maipahayag kahit na sa mga paganong ito na mayrong isang suliranin.

▣ **"nagsipanakbo"** Ito ay isang karaniwan termino sa Septuagint para sa "paglukso palabas" o "pagmamadali," bagaman ito ay ginamit lamang dito sa NT. Sina Pablo at Bernabe ay sumibol at lumabas sa ginta ng karamihan ng tao.

**14:15-17** Dito ay isang buod ng unang pangangaral ni Pablo sa mga pagano. Ito ay lubos na tulad ng kanyang pangangaral sa Burol ni Marte (cf. 17:22-33).

**14:15**
**NASB, NKJV "mga tao ring may mga karamdamang gaya ninyo"**
**NRSV "kami ay mga mortal na tulad niyo"**
**TEV "kami ay tao din tulad niyo"**
**NJB "kami ay tao lamang, mortal na katulad niyo"**

Ang termino ay *homoiopathēs*, na isang tambalan ng "ang katulad na" at "mga silakbo ng damdamin." Ang terminong ito ay ginamit lamang dito at sa Santiago 5:17 sa NT. Naisip ng mga taga-lokal na sina Pablo at Bernabe ay mga diyos (*homoiēthentes*, cf. v. 11), na nangangahulugang "ginawa tulad ng" tao. Ginagamit ni Pablo ang katulad na ugat upang ipakahulugan ang kanilang karaniwan sangkatauhan. Nagpapakita si Lucas ng pakumbabaan nina Pablo at Bernabe na kalaliktaran ni Herodes Antipas sa 12:20-23.

▣ **"sa mga bagay na itong walang kabuluhan"** Ang terminong "walang kabuluhan" ay nangangahulugang walang saysay, walang halaga, walang buhay. Pablo ay directly confronting kanilang superstitious paganismo.

▣ **"sa Diyos na buhay"** Ito ay isang paglalaro sa ang terminong YHWH, na mula sa Hebreong PANDIWA "ako nga" (cf. Exodo 3:14). si YHWH ay ang nabubuhay magkailanpaman, tanging nabubuhay na Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 1:6.

▣ **"NA GUMAWA"** Ito ay isang sipi mula sa Exodo 20:11 o Mga Awit 146:6. Ang Hebreong terminong *Elohim* (cf. Genesis 1:1) ay naglalarawan sa Diyos bilang manlilikha at tagapagtustos (cf. *The Expositor's Bible Commentary*, tomo 1, pp. 468-469) habang si YHWH ay naglalarawan sa Kanya bilang Tagapagligtas, Manunubos (cf. *Ang Expositor's Bible Commentary,* tomo 1, pp. 471-472) at Diyos na gumagawa ng kasunduan. Tingnan ang natatanging Paksa sa 1:6.

**14:16 "Na nang mga panahong nakaraan ay pinabayaan niya ang lahat ng mga bansa ay magsilakad sa kanilang mga sariling daan"** Ang pariralang ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Deuteronomio 32:7-8 na binigyang diin ni Moises na si YHWH ang nagtatatag ng mga hangganan ng mga bansa. Sa teolohiya, ito ay nagpapatunay ng pagkalinga at pagbibigay-pansin ng Diyos sa mga bansa (mga Hentil, cf. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 258-259). Ninanais ng Diyos na sila ay makakilala sa Kanya, ngunit ang pagkalugmok ng sangkatauhan ay nagdudulot ng pamahiin at pagsamba sa diyus-diyosan (cf. Roma. 1:18-2:29). Subalit, Siya ay nagpatuloy sa paghanap sa kanila (cf. v. 17).

Ang kamangmangan ng Hentil sa Diyos ay pinag-iba sa pagkaalam ng mga Hudyo sa Diyos. Ang kabalintunaan ay ang mga Hentil ay tumugon nang maramihan sa pananampalataya sa ebanghelyo, habang ang mga Hudyo ay tumugon ng maramihang pagtanggi at pag-uusig sa ebanghelyo (cf. Romans 9-11).

**14:17 "gayon man ay hindi nagpabayang di nagbigay patotoo"** Ito ay ang konseptong ng likas na kapahayagan (cf. Mga Awit 19:1-6; Roma. 1:19-20; 2:14-15). Ang lahat ng mga tao ay may nalalamang ilang bagay patungkol sa Diyos mula sa paglalang at isang panloob na saksing moral.

▣ **"ulan… pagkain"** Ang lokal na paganong tradisyon ay nagsabing si Zeus ay ang nagbibigay ng ulan at si Hermes ay ang nagbibigay ng pagkain. Si Pablo, sa pagsunod Deuteronomio 27-29, ay nanindigan sa kapangyarihan ng Diyos sa kalikasan.

Ang mga paganong ito ay hindi nakikilala ang Diyos kaya ang kasunduang mga sumpa ng Deuteronomio ay pinalitan ng pagpapasensya ng Diyos (cf. Mga Gawa 17:30; Roma. 3:25; 4:15; 5:13). Si Pablo ang natatanging pinili ng Diyos (apostol sa mga Hentil) upang maabt ang mga bansa! Ginamit ni Pablo ang paglalalang at pagtustos ng kalikasan (cf. Mga Awit 145:15-16;

147:8; Jeremias 5:24; Jonas 1:9) bilang kanyang punto ng pakikitungo.

Ito ay nakakawili na wala sa ebanghelyo mismo ang buod ng pangangaral na ito. Ipinagpapalagay ng isa na si Pablo ay nagpatuloy sa katulad na linya ng pangangatwiran na gaya ng kanayang ginawa sa kanyang pangangaral sa Athenas sa Mga Gawa 17:16-34. Ang isa ay nagtataka kung si Lucas ay nakuha ang buod na ito mula kay Pablo o maaaring kay Timoteo (ito ang kanayang tahanan).

**14:18** Ito ay isang detalye ng saksing nakakita.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:19-23

**[19]Datapuwa't nagsirating ang mga Hudyong buhat sa Antioquia at Iconio: at nang mahikayat nila ang mga karamihan, ay kanilang pinagbabato si Pablo, at kinaladkad nila siya sa labas ng bayan, na inaakalang siya'y patay na. [20]Datapuwa't samantalang ang mga alagad ay nangakatayo sa paligid niya, ay nagtindig siya, at pumasok sa bayan: at nang kinabukasa'y umalis siya na kasama ni Bernabe napasa Derbe. [21]At nang maipangaral na nila ang ebanghelyo sa bayang yaon, at makahikayat ng maraming mga alagad, ay nagsibalik sila sa Listra at sa Iconio, at sa Antioquia, [22]Na pinatitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Diyos. [23]At nang makapaglagay na sa kanila ng mga matanda sa bawa't iglesiya, at nang makapanalanging may pagaayuno, ay ipinagtagubilin sila sa Panginoong kanilang sinampalatayanan.**

**14:19** Ang mga paghadlang ng mga Hudyo sa ma lungsod na kung saan si Pablo ay nangaral, ay nagkakaisa sa paulit-ulit na pag-atake sa kanya (cf. II Corinto 4:7-15; 6:3-10; 11:23- 30). Pansinin na ang pag-atake ay ay nakatuon kay Pablo, hindi kay Bernabe. Pansinin din ang pagiging salawahan ng karamihan ng mga pagano. Sina Pablo at Bernabe ay pinangaralan bilang mga diyos sa isang pagkakataon at binato nang sumunod!

▣ **"kanilang pinagbabato si Pablo"** Ito ay hindi isang himala ng pagkakamalay-tao, ngunit isang tala ng pisikal na tibay at katapangan ni Pablo (cf. vv. 20-21). II Corinto 11:25 at Galacia 6:17 ay tumutukoy din sa ganitong katulad na pangyayaring. Ang plano ang pagbato sa v. 5 ngayon naging isang katotohanan!

**14:20 "samantalang ang mga alagad ay nangakatayo sa paligid niya"** Bagaman ito ay hindi tiyakang sinabi, sa aking palagay, ito ay isang panalanging pagpupulong kung saan ang Diyos ay tumugon nang kamangha-mangha. Pansinin kung paanong ang pag-uusig ay nagpatuloy na maging mekanismo/pag-uudyok para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo (i.e., isang bagong lungsod).

**14:21 "At nang maipangaral na nila ang ebanghelyo sa bayang yaon"** Ito ay tumutukoy sa Derbe (cf. v. 20). Ang lungsod na ito din ay nasa Lycaonian bahagi ng ang Romanong lalawigan ng Galacia. Ito ang hanggang sa silangang na nalakbay nina Pablo at Bernabe sa pang-misyong paglalakbay na ito.

Ang lungsod ding ito ay nakakamangha ang pagtugon sa ebanghelyo at marami ang naligtas.

▣ **"nagsibalik sila sa Listra at sa Iconio, at sa Antioquia"** Tila sila ay hindi nangaral sa madla sa kanilang muling pagdalaw, ngunit sa pribadong nagpupulong at nagpapalakas sa mga mananampalataya (cf. vv. 22-23).

**14:22** Ang talatang ito ay isang buod ng mensaheng pang-alagad ni Pablo. Pansinin na ito ay tumutuon sa (1) pagpapagal at (2) kapighatian. Ang mgga mananampalataya ay lumalago sa pamamagitan ng mga pagsubok (cf. Roma. 5:3-4; 8:17-18; I Thesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-16).

▣ **"pinatitibay"** Ang terminong ito ay ginamit nang maraming beses sa Septuagint sa kaunawaan ng "upang magdulot ng kapahingahan" o "maitataga." Ginamit ni Lucas ang terminong ito nang maraming beses upang ilarawan ang pagtinging muli ni Pablo sa ministeryo ng pagtuturo sa mga alagad (cf. 14:22; 15:32,41; 18:23).

▣ **"ang mga kaluluwa ng mga alagad"** Ang termino kaluluwa (*psuchē*) ay ginamit sa kaunawaan ng isang tao o kanilang mga gawaing pag-iisip. Ito ay hindi ang Griyegong konsepto na ang bawat tao ay mayroong imortal na kaluluwa, ngunit ang Hebreong konseptong ng kaluluwa (*nephesh*, BDB 659, KB 711-713, cf. Genesis 2:7) bilang isang paraan na tumutukoy sa isang tao (cf. Mga Gawa 2:41; 3:23; 7:14; 14:2,22; 15:24; 27:37).

▣ **"inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtitiis na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS

Ang biblikal na doktrina na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga

karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Filipos 1:6; 2:13; II Tesalonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)
B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,20; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Filipos 2:12; 3:18-20; Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *panahonnda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *Ang Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life of the Son,* Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

▣ **"ang kaharian ng Diyos"** Ito ay isang napakiharap na parirala na bigyang kahulugan. Kadalasang ginagamit ito ni Hesus na may kaugnayan sa Kanyang sariling ministeryo. Subalit, ang mga Apostol ay maliwanag na di-naunawaan ang kahalagahan nito (cf. 1:3,6). Sa Mga Gawa ito ay halos magkasingkahulugan sa ebanghelyo (cf. 8:12; 19:8; 20:25; 28:23,31). Subalit, sa 14:22 ito kumukuha ng eskatolohikong mga pahiwatig. Ito ay ang "nangyari na" (cf. Mateo 12:28; Lucas 16:16) laban sa "hindi muna" (cf. Mateo 24:14,30,36-37; 25:30,31; II Pedro 1:11) na pag-iigting na nagpapakilala ng panahong ito. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:17. Ana Kaharian ay dumating Hesukristo (i.e., Unang Pagdating), ngunit ang kapuspusan nito ay ang hinaharap (i.e., Pangalawang Pagdating).

**14:23 "makapaglagay na sa kanila ng mga matanda"** Ang terminong "mga matatanda" (*presbuteros*) ay magkasingkahulugan sa mga terminong "obispo" (*episkopos*) at "mga pastor" (*poimenos*) sa NT (cf. Mga Gawa 20:17,28 at Tito 1:5,7). Ang terminong "matanda" ay mayroong isang Hudyong kaligiran (cf. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 244-246 at Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp. 262-264), habang ang termino "obispo" o "tagapangasiwa" ay mayroong isang Griyegong lungsod-stadong kaligiran. Mayroong dalawa lamang na pamunuan ang nakatala sa iglesiya sa NT: mga pastor at dyakono (cf. Filipos 1:1).

Ang termino "magtalaga" ay maaaring mangahulugang "pinili sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga kamay" (cf. II Corinto 8:19 at Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, pp. 363, 484). Ang termino sa huli ay ginamit sa "ordinasyon" sa pamamagitan ng ang sinaunang mga ama ng iglesiya. Ang totoong isyu ay kung paano aakma ang "pinili sa pamamagitan ng

pagpili" sa kontekstong ito? Isang pagpili sa pamamagitan ng mga bagong iglesiya na ito ay tila di-nararapat (kahit na ang iglesiya sa Herusalem ang pumili para sa Pito sa Mga Gawa 6 at ang pagpili ng iglesiya na nagpapatibay sa ministeryo ni Pablo sa mga Hentil sa Mga Gawa 15).

F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 79 says, "sa orihinal ay nagpapahiwatig ng pagtatalaga o pagpili sa pamamagitan ng pagpapakita ng kamay (sa literal ay pag-inat ng kamay), nawala nito ang kanyang tiyak na pwersa sa kapanahunan ng Bagong Tipan at dumating upang payak na mangahulugang 'magtalaga,' na hindi isana-alang-alang kung anong kaparaanan." Ang isa ay hindi makakapagtangkilik o matatanggihan ang isang pang-iglesiyang kaayusan sa pamamagitan ng paggamit ng terminong ito sa NT.

Pansinin na tinuruan ni Pablo si Tito na magtalaga din ng "mga matatanda" sa Creta, ngunit si Timoteo sa Efeso, sinabi ni Pablo na hayaan ang iglesiya na pumili ng mga taong na may tiyak mga katangian (cf. I Timoteo 3). Sa bagong mga lugar, mga pinuno ay itinatalaga, ngunit sa naitatag nang mga lugar, ang katangian sa pamunuan ay may pagkakataon na maihayag at mapagtibay ng lokal na iglesiya.

Pansinin ang pang-misyong pamamaraan ni Pablo ay upang itatag ang lokal na mga iglesiya na magpapatuloy sa tungkulin ng pag-e-ebanghelyo at pagtuturo sa mga disipulo sa kanilang lugar (cf. Mateo 28:19-20). Ito ay ang paraan ng Diyos para sa pag-abot ng buong mundo (i.e., lokal na mga iglesiya)!

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

▣ **"ang makapanalanging may pagaayuno"** Ito ay maaaring purposefully kaagapay sa 13:2-3. Pablo had experienced ang Espiritu's kapangyarihan at direction at Antioquia. Siya continued this katulad na espiritwal na huwaran. Sila had sa prepare kanilang mga sarili para sa Diyos sa reveal Kanyang will. Tingnan ang Natatanging Paksa: Fasting at 13:2.

▣ **"na kanilang sinampalatayanan"** Ito ay isang PLUPERFECT NA TAHAS MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang isang palagiang pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang mga bagong matatanda ay naniniwala sa isang yugto ng panahon at napatunayang may matapat na ipinapakitang mga katangian sa pamumuno.

Ang gramatikong kayarian ng *eis* na kaugnay sa *pisteuō* (cf. Mga Gawa 10:43) ay katangian sa mga sulat ni Juan, ngunit makikita din kay Pablo (cf. Roma. 10:14; Galacia 2:16; Filipos 1:29) at Pedro (cf. I Pedro 1:8). Tingnan ang mahalagang Natatanging mga Paksa sa 3:16 at 6:5.

▣ **"ipinagtagubilin sila sa Panginoon"** Ito ay hindi tumutukoy sa ilang uri ng ordinasyon. Ang katulad na PANDIWA ay ginamit sa v. 26 nina Pablo at Bernabe, habang sa 20:32 para sa kanilang mga matatanda na. Ang ordinasyon ay ay makakatulong na ito ay magbibigay-diin ng katotohanan na ang Diyos ay tumatawag sa mga tao sa mga pamunuang tungkulin. Ito ay isang salungat at at hindi naaayon sa Bibliya kung ito ay gagawa ng isang kaibahan sa pagitan ng mga mananampalataya. Ang lahat mga mananampalataya ay tinawag na at pinagkalooban para sa ministeryo (cf. Efeso 4:11-12). Walang pagkakaiba sa ministro-karaniwang tao sa NT.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:24-28

**24At kanilang tinahak ang Pisidia, at nagsiparoon sa Pamfilia. 25At nang masalita na nila ang salita sa Perga, ay nagsilusong sila sa Atalia; 26At buhat doo'y nagsilayag sila sa Antioquia, na doo'y ipinagtagubilin sila sa biyaya ng Diyos dahil sa gawang kanilang natapos na. 27At nang sila'y magsidating, at matipon na ang iglesiya, ay isinaysay nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Diyos sa kanila, at kung paanong binuksan niya sa mga Gentil ang pintuan ng pananampalataya. 28At nangatira silang hindi kakaunting panahon na kasama ng mga alagad.**

**14:24** Ang kabundukang lalawigan ng Pisidia ay nasa hilaga ng baybaying lalawigan ng Pamfilia. Ang Perga ay ang pangunahing lungsod ng rehiyon. Si Pablo ay tila dumaan lamang sa pamamagitan ng lungsod na ito nang mas maaga (cf. 13:13), ngunit ngayon ay bumalik at ipinangaral ang ebanghelyo (cf. v. 25).

**14:25 "Atalia"** Ito ay ang daungan ng Perga.

**14:26 "nagsilayag sa Antioquia"** Sila ay hindi bumalik sa Chipre. Si Bernabe ay babalik pagkatapos ng pagtatalo kay Pablo patungkol kay Juan Marcos (cf. 15:36- 39).

▣ **"ipinagtagubilin sila sa biyaya ng Diyos"** Ang PANDIWA ay isang PAIKUT-IKOT NA PLUPERFECT BALINTIYAK. Ito ang unang pang-misyong paglalakbay, na sinimulan at pinagpatuloy ng Espiritu, ay isang kamangha-manghang tagumpay.

**14:27 "matipon na ang iglesia, ay isinaysay nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Diyos sa kanila"** Pansinin sila ay may pananagutan sa iglesiya. "Kahit na ang Apostol sa mga Hentil" ay nag-ulat sa isang lokal na iglesiya (Tingnan ang Natatanging Paksa sa5:11). Kanilang kinikilala din ang nakaganap ng dakilang katuparang ito—YHWH/Espiritu.

Hindi sila nag-ulat sa mga pinuno (cf. 13:1), ngunit sa pagtitipon ng mga tao at pagkatapos ay nag-ulat sa kanilang pang-misyong gawain sa pagtitipon ng mga tao sa Herusalem (cf. 15:4) at, para sa sa paksang ito, sa lahat ng ibang mga pagkakatipon sa daan (cf. 15:3). Sa aking palagay, ito ay ang buong pagtitipon ng mga tao na nagpatong ng kanilang mga kamay sa kanila at inatasan sila sa kanilang paglalakbay.

▣ **"kung paanong binuksan niya sa mga Gentil ang pintuan ng pananampalataya"** Ginamit ni Pablo ang pariralang ito na "pintuan ng pananampalataya" nang sadyang kadalasang (cf. I Corinto 16:9; II Corinto 2:12; Colosas 4:3; at pansinin din sa Pahayag 3:8). Binuksan ng Diyos ang isang pintuan sa lahat sangkatauhan sa ebanghelyo na hindi maaaring isara ninuman. Ang buong implikasyon ng mga salita ni Hesus sa 1:8 ngayon natupad.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Balangkasin ang unang pang-misyong paglalakbay ni Pablo sa pamamagitan ng heograpikong mga lugar.
2. Balangkasin ang kapwa mga pangangaral ni Pablo; sa mga Hudyo at sa mga pagano.
3. Paano maiuugnay ang pag-aayuno sa makabagong mga Kristiyano?
4. Bakit nagbitiw si Juan Marcos sa pang-misyong pangkat?

# MGA GAWA 15

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Konseho sa Herusalem | Pagtatalo sa Pagtutuli | Pagtatalo sa Pagtanggap ng mga Hentil | Pagpupulong sa Herusalem | Pagtatalo sa Antioquia |
| 15:1-5 | 15:1-5 | 15:1-5 | 15:1-2 | 15:1-2 |
| | | | 15:3-5 | 15:3-4 |
| | | | | Pagtatalo sa Herusalem |
| | Ang Konseho ng Herusalem | | | 15:5-7a |
| 15:6-11 | 15:6-21 | 15:6-21 | 15:6-11 | Talumpati ni Pedro |
| | | | | 15:7b-11 |
| 15:12-21 | | | 15:12-18 | 15:12 |
| | | | | Talumpati ni Santiago |
| | | | | 15:13-18 |
| | | | 15:19-21 | 15:19-21 |
| Ang Tugon ng Konseho | Kautusan sa Herusalem | | Ang Sulat sa Hentil na Mga mananampalataya | Ang Liham pang-Apostol |
| 15:22-29 | 15:22-29 | 15:22-29 | 15:22-29 | 15:22-29 |
| | Nagpapatuloy na ministeryo sa Siria | | | Mga Kinatawan sa Antioquia |
| 15:30-35 | 15:30-35 | 15:30-35 | 15:30-34 | 15:30-35 |
| | | | 15:35 | |
| Naghiwalay sina Pablo at Bernabe | Pagtatalo kay Juan Marcos | Pag-alis sa Pangalawang Pang-miysong Paglalakbay | Paghiwalay ni Pablo't Bernabe | Nahiwalay si Pablo kay Bernabe at Sinama si Silas |
| 15:36-41 | 15:36-41 | 15:36-41 | 15:36-41 | 15:36-38 |
| | | | | 15:39-40 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

A. Ang kabanatang ito ay kadalasang tinawag na “Ang Konseho ng Herusalem.”

B. Ito ay isang pangunahing pag-pihit, isang teolohikong pagkakanlong, sa mga paraan at mga layunin ng Sinaunang Iglesiya. Sa isang kaunawaan ito ay isang pagsasama ng dalawang sentro ng Kristiyanismo, Herusalem at Antioquia.

C. Ang mga pagbabalik-loob ng mga di-Hudyo sa Mga Gawa 8-11 ay tila pinahintulutan bilang pasubali (sila ay hindi lubusang, may kasanayang mga pagano), hindi bilang isang bagong patakaran na na masiglang itataguyod (cf 11:19).

D. Pinagtatalunan ang ugnayan ng kabanatang ito sa Galacia 2. Mga Gawa 15 o Mga Gawa 11:27-30 ay maaaring ang kaligiran sa Galacia 2. Tingnan ang Panimula sa kabanata 14, C.

E. Ito ay nakakawili na ang paulit-ulit na Pentecostal na tanda ng pagsasalita ng mga wika (mga kabanata 2, 8 & 10; maaaring v. 8) ay hindi na nabanggit sa pangkalahatan bilang isang katibayan para sa ang kasigaruduhan ng kaligtasan ng mga Hentil (i.e., mga pagano).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:1-5**

**[1]At may ibang mga taong nagsilusong mula sa Judea ay nagsipagturo sa mga kapatid, na sinasabi, Maliban na kayo'y mangagtuli ayon sa kaugalian ni Moises, ay hindi kayo mangaliligtas. [2]At nang magkaroon si Pablo at si Bernabe ng di kakaunting pagtatalo at pakikipagtuligsaan sa kanila, ay ipinasiya ng mga kapatid na si Pablo at si Bernabe, at ang ilan sa kanila, ay magsiahon sa Herusalem, sa mga apostol at sa mga matanda tungkol sa suliraning ito. [3]Sila nga, palibhasa'y inihatid ng iglesiya sa kanilang paglalakbay, ay tinahak ang Fenicia at Samaria, na isinasaysay ang pagbabalik-loob ng mga Gentil: at sila'y nakapagbigay ng malaking kagalakan sa lahat ng mga kapatid. [4]At nang sila'y magsidating sa Herusalem, ay tinanggap sila ng iglesiya at ng mga apostol at ng mga matanda, at isinaysay nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila. [5]Datapuwa't nagsitindig ang ilan sa sekta ng mga Fariseong nagsisampalataya na nangagsasabi, Kinakailangang sila'y tuliin, at sa kanila'y ipagbiling ganapin ang kautusan ni Moises.**

**15:1 “may ibang mga taong nagsilusong mula sa Judea”** Ang talatang ito ay tumutukoy sa mga pangyayari sa Antioquia. “Ang ilang tao” ay tumutukoy sa isang pangkat ng nananampalatayang mga Hudyo na nagtiwala kapwa sa Judaismo at kay Hesus. Nakita nila si Hesus bilang ang katuparan ng OT pananampalataya (cf. Mateo 5:17-19), hindi isang katunggali o pamalit dito (cf. 11:2; 15:5; Galacia 2:12). Ang teolohiya ng taong ito ay kaugnay sa bulaang Hudyong mga guro (Judaizers) na tinutukoy sa Galacia. Ang mga taong ito sa anuman ay kaugnay sa iglesiya sa Herusalem (cf. v. 24), ngunit sila ay hindi pampamunuang mga kinatawan.

Pansining ito ay nagsabi ng “sa baba.” Kung ikaw ay titingin sa isang mapa, ito ay ay tila “sa taas,” ngunit para sa mga Hudyo kahit saan ay “pababa,” sa teolohiya, mula sa Herusalem (cf. v. 2).

▣ **“nagsimulang nagsipagturo”** Ito ay isang DI-GANAP PANAHUNAN, na maaaring mangahulugang (1) nagsimulang magturo o (2) tinuruan nang paulit-ulit.

▣ **“Maliban na kayo'y mangagtuli”** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP, na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ang pagtutuli aay kasunduang tanda kay Abraham at sa kanyang mga susunod na lahi (cf. Genesis 17:10-11). Ito ay hindi isang maliit na bagay sa Judaismo, ngunit kaugnay sa kaligtasan mismo. Naramdaman nila na ang tanging daan kay YHWH ay sa pamamagitan ng Judaismo (cf. v. 5). Ang mga uri ng taong ito naging kilala bilang Judaizers (cf. Galacia 1:7; 2:4. Sila ay naniniwala kay Kristo <u>dagdagan</u> ng pagtupad sa Kasunduan ni Moises (cf. v. 5). Ang katuwiran ay batay sa kanilang pagsasakatuparan, hindi sa malayang kaloob ng Diyos. Ang pakikipag-ugnayang ito sa Diyos ay matatamo sa pamamagitan ng pagsasakatupara ng isa (cf. Roma. 3:21-30; Galacia 5:2-9). Ang totoong isyu ay kung sino “ang bayan ng Diyos” at kung paano sila makikilala?

**15:2 “magkaroon si Pablo at si Bernabe ng di kakaunting pagtatalo at pakikipagtuligsaan sa kanila”** Ginagamit ni Lucas ang pahayag na “malaking pagtalakay” upang ipakita ang matinding damdamin (cf. Lucas 23:19,25; Mga Gawa 15:2; 19:40; 23:7,10; 24:5). Ang pagtatalong ito ay napakahalaga! Ito ay tinutuon sa puso ng ebanghelyong mensahe:

1. Paanong ang isa ay dadalhin sa tamang kalalagayan sa Diyos?
2. Ang Bagong Kasunduan ba ay may kaugnayan na di mapaghiwalay sa Kasunduan ni Moises?

Ang parirala sa NASB, “may isang malaking pagtalakay at pagtatalo,” sa literal ay “salungatan at pagtatanong na hindi kakaunti.” *Young's Literal Translation of the Bible* (p. 95), ay mayroong “hindi isang kakaunting pag-aaway at pagtatalo.” Ang

pampanitikang pamamaraan ng pagpapahayag ng isang bagay isang salungat na may kababaang pahayag ay katangian ng mga sulat ni Lucas. Tingnan ang buong tala sa 12:18.

▣ **"ipinasiya ng mga kapatid"** Ito ay tumutukoy sa "ang iglesiya" (cf. v. 3). Mayroong maraming mga pangkat sa kabanata 15 na nag-uugany sa iba't-ibang pamunuan o mga uri ng pamumuno.

1. Sa mga talata 2,3,12, at 22 ang kabangyarihan ng kalipunan ng tao ay nabanggit.
2. Sa mga talata 6 at 22 pang-apostol o episkopal na kapangyarihan (i.e., Santiago) ay nabanggit, na Romano Katoliko o Anglikanong pamumuno.
3. Sa mga talata 6 at 22 ang kapangyarihan ng mga matatanda ay nabanggit. Ito ay ay tila sa kaagapay Presbyteryong pamumuno.

Ang Bagong Tipan ay nagtala ng lahat ng mga pamunuang balangkas na ito. Mayroong isang paglago sa kapangyarihan ng mga Apostol (na sa isang araw ay maglalaho) sa awtoriad ng ang pagtitipon ng mga tao, na may mga pastor bilang mga tag-ugnay na pamunuan (cf. v. 19).

Sa aking palagay, ang kayarian ng pamumuno ay hindi kasing kahalaga ng espiriwalidad ng mga pinuno. Dakilang Komisyon, puspos ng Espirtu na mga pinuno ay napakahalaga sa ebanghelyo. Ang tiyak na mga anyo ng pamumuno na sang-ayon sa kagustuah, ay kadalasang batay sa pangkultura at pampulitikang modelo.

▣ **"at ang ilan sa kanila"** A. T. Robertson, *Word Picture of the New Testament*, p. 224, ay mayroong isang nakakawiling puna sa talatang ito, "Tiyakang si Tito (Galacia 2:1,3), isang Griyego at maaaring isang kapatid ni Lucas na hindi na nabanggit sa Mga Gawa." Ito ay may tiyak na posibilidad, ngunit ito ay batay sa maraming mga pagpapalagay Tayo ay kailangang mag-ingat na dahil sa isang teksto (kasama ang ating mga ipinagpapalagay) ay maaaring mangahulugang o magpahiwatig ng anumang bagay, ay hindi nangangahulugan iyon na nga ang kahulugan! Tayo ay kailangan bumalik orihinal na mga sulat ng may-akda at hindi sa ating mga pinalawak na pagpapalagay, kahit na ba sila ay may katotohanan.

▣ **"sa mga apostol"** Ang pamunuang kayarian ng Herusalem na iglesiya ay hindi palagian. Mula sa maraming mga teksto ito makikita na tila si Santiago, ang kapatid sa ina ni Hesus, ay ang pinuno. Ito ay makikita na tunay na sa kabanatang ito din. Ngunit, mayroon pang ibang mga pamunuang pangkat (cf. vv. 4,22):

1. ang Labindalawa
2. lokal na mga matatanda
3. ang pagtitipon ng mga tao bilang isang kabuuan

Ang di-tiyak ay kung paano si Santiago na sa these mga pangkat. Siya ay tinawag na isang apostol sa Galacia 1:19. Ito rin ay maaaring siya na kinikilalang pinuno ng pangkat ng mga matatanda (cf. si Pedro ay tinawag siya mismo na isang matanda sa I Pedro 5:1; si Juan ay tinawag si mismong isang matanda sa II Juan 1 at III Juan 1).

▣ **"mga matanda"** Sa kontekstong ito "mga matatanda" ay maaaring tumutukoy sa isang mas matandang pangkat ng pamunuan na kinuha sa sinagogang huwaran. Tingnan ang tala sa 11:30 o sa 14:23.

**15:3 "iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa5:11.

▣ **"Sila nga ay tinahak ang Fenicia at Samaria"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ang Fenicia ay karamihang mga Hentil, habang ang Samaria ay isang magkahalong mamamayan ng mga Hudyo at mga Hentil. Ang mga lugar na ito, dati nang lumaganap ang ebanghelyo (cf. 8:5ff; 11:19).

▣ **"isinasaysay ang pagbabalik-loob ng mga Gentil"** Ito ay ay tila sina Pablo at Bernabe ay nag-ulat ng kamangha-manghang gawa ng Diyos sa "mga bansa" sa bawat pagtitipon ng mga tao na kanilang pinakikitunguhan. Sa mga taong may kaalaman sa OT, ang pagbabagong-loob ng "mga bansa" ay isang natupad na propesiya (i.e., Isaias 2:2-4; 42:6; 49:6)!

Ito rin ay maaari na sa pamamagitan ng malawak na pagbabalita ng tagumpay ng pagpupunyagi sa misyon na ang iglesiya sa Herusalem ay hindi mananahimik lamang at tahimik na kalimutan ang isyu (cf. 21:18-20).

▣ **"nakapagbigay ng malaking kagalakan sa lahat ng mga kapatid"** Ito ang mga lugar ng Hentil. Ang mga iglesiya ay maaaring magkakahalong mga iglesiya. Ang kanilang pagtugon ay isang pang-propesiyang paalaala sa Herusalem na iglesiya. Ang pandaigdigang misyon na nagsimula sa pamamagitan ng mga Hellinista, ay pinagtibay sa pamamagitan ng Hellenistang (Hentil) mga iglesiya.

**15:4 "ng iglesiya at ng mga apostol at ng mga matanda"** Dito ang lahat ng mga pamunuang pangkat ay na nabanggit, gaya ng sa talata 22.

▣ **"isinaysay nila ang lahat ng mga bagay na ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila"** Ito ay magiging isang huwaran!

**15:5 "Datapuwa't nagsitindig ang ilan sa sekta ng mga Fariseong nagsisampalataya"** Ang pananampalataya (GANAP NA TAHAS KATAGA) kay Hesus bilang ang ipinangakong Mesias ay ang saligan ng iglesiya. Ngunit sa loob ng iglesiya ay mayroong pagkakaiba ng opinion patungkol sa kung papaano ang pananampalataya kay Kristo ay kaugnay sa mga kasunduan at mga pangako sa Israel. Ang nagsalitang pangkat na ito ("nagsitindig" ay humarap sa Griyego upnag ipakita ang pagbibigay-diin nito) ng naligtas na mga Fariseo ay naramdaman na ang OT ay kinasihan at walang-hangan at samakatuwid ay kailangang panatilihin (cf. Mateo 5:17-19)! Ang isa ay kailangang magtiwala kay Hesus at sumunod kay Moises (i.e., *dei*, kinakailangan [1] sa pagtutuli; [2] utusan sila; at [3] ipanatili; lahat ng tatlong ay PANGKASALUKUYANG MGA PAWATAS). Ito ay ang mismong katanungan na bumubo ng teolohikong nilalaman ng Romans 1-8 at Galacia! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Fariseo sa 5:34.

▣ **"ito ay kinakailangan"** Tingnan ang buong tala sa *dei* at 1:16.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:6-11**

**[6]At nangagkatipon ang mga apostol at ang mga matanda upang pagusapan ang bagay na ito. [7]At pagkatapos ng maraming pagtatalo, ay nagtindig si Pedro, at sinabi sa kanila, Mga kapatid, nalalaman ninyo na nang unang panahong nakaraan ay humirang ang Diyos sa inyo, upang sa pamamagitan ng aking bibig ay mapakinggan ng mga Gentil ang salita ng Evangelio, at sila'y magsisampalataya. [8]At ang Diyos, na nakatataho ng puso, ay nagpatotoo sa kanila, na sa kanila'y ibinigay ang Banal na Espiritu, na gaya naman ng kaniyang ginawa sa atin; [9]At tayo'y hindi niya itinangi sa kanila, na nilinis sa pamamagitan ng pananampalataya ang kanilang mga puso. [10]Ngayon nga bakit ninyo tinutukso ang Diyos, na inyong nilalagyan ng pamatok ang batok ng mga alagad na kahit ang ating mga magulang ni tayo man ay hindi maaaring makadala? [11]Datapuwa't naniniwala tayo na tayo'y mangaliligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Hesus, na gaya rin naman nila.**

**15:6 "nangagkatipon ang mga apostol at ang mga matanda"** Dito ang pamunuan ay unang nagtagpo ng pribado. Ito ay nagpapahayag ng Presbyterianong huwaran ng pamunuan.

**15:7 "At pagkatapos ng maraming pagtatalo"** Ang pamunuan ay hindi buo ang pagkakaisa. Ang ilang ay sumasang-ayon sa pahayag sa v. 5. Silang lahat ay matatapat na mga mananampalataya. Ngunit ang ilan ay kumakapit sa kilala habang bulag sa radikal na kalikasan ng ebanghelyo. Kahit na ang mga Apostol ay mabagal na makita ang buong mga pahiwatig (cf. 8:1). Pansinin ang mga sangkap ng paggawa ng mga alituntunin: (1) pribadong pagtalakay; (2) bukaS NA pagtalakay; pagpili sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga tao.

▣ **"nagtindig si Pedro"** Ito ang maaaring daan upang makapagsalita sa nagkakatipong pangkat (cf. v. 5). Ito ay ang huling pagkabanggit sa kanya sa Mga Gawa. Kanyang sinariwa ang kanyang karanasan kay Cornelio (cf. mga kabanata 10-11).

▣ **"mapakinggan ng mga Gentil ang salita ng Evangelio, at sila'y magsisampalataya"** Ginamit ng Diyos si Pedro upang maging saksi sa Kanyang pag-ibig at pagtanggap ng ng mga bansa! Pinahintulutan ng Diyos ang bagong radikal na pagkakaunawa na tumuloy sa mga yugto.

1. una, ang mga Samaritano, kabanata 8
2. ang Etiopeng Bati, kabanata 8
3. Cornelio, mga kabanata 10-11

Ito ay hindi lubusang may kasanayang mga pagano, ngunit ang lahat ay kaugnay sa Judaismo. Subalit, 1 at 3 ay napagtibay ng Pentecostes na karanasan, na katibayan para sa ang sinaunang iglesiya ng pagtanggap ng Diyos sa ibang mga pangkat.

**15:8 "ang Diyos, na nakatataho ng puso"** Ito ay isang daan ng nagpapatunay ng ganap na karunungan ng Diyos (cf. I Samuel 1:24; 16:7; Mga Awit 26:2; 139:1; Kawikaan 21:2; 24:12; Jeremias 11:20; 17:10; Lucas 16:15; Roma. 8:27; Pahayag 2:23) sa pananampalataya ng mga Hentil na nagbagong-buhay.

▣ **"sa kanila'y ibinigay ang Banal na Espiritu"** Ito ay tila tumutukoy sa katulad na uri ng espiritwal na karanasan gaya ng Pentecostes ("gaya ng ginawa Niya rin sa atin"). Ang lubhang katulad na pagpapahayag ng Espiritu ay nangyari sa Herusalem, sa Samaria, at sa Cesarea. Ito ay ang tanda sa Hudyong mga mananampalataya ng pagtanggap ng Diyos sa ibang mga pangkat ng tao (cf. v. 9; 11:17).

**15:9 "tayo'y hindi niya itinangi sa kanila"** Ito ay ang teolohikong buod na ibinigay ni Pedro sa 10:28,34; 11:12. Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao (cf. Galacia 3:28; Efeso 3:11-4:13; Colosas 3:11). Ang lahat mga tao ay ginawa sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27). Ninanais ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay maligtas (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9)! Inibig ng Diyos ang buong mundo (cf. Juan 3:16-17).

▣ **"nilinis sa pamamagitan ng pananampalataya ang kanilang mga puso"** Ang terminong ito ay ginamit sa Septuagint

upang ipahayag ang Levitikong paglilinis. Ito ay nangangahulugan ng pagtanggal ng naghihiwalay sa atin mula sa Diyos.

Ito ay ang mismong PANDIWA na ginamit sa karanasan ni Pedro sa malinis at di-malinis mga hayop sa 10:15 at 11:9 (na sumusuno sa LXX ng Genesis 7:2,8; 8:20).

Sa ang Ebanghelyo ito Lucas ito ay ginamit para sa paglilinis ng ketong (cf. 4:27; 5:12,13; 7:22; 17:14,17). Ito ay dumating bilang isang makapangyarihang talinghaga para sa paglilinis ng kasalanan (cf. Hebreo 9:22,23; I Juan 1:7).

Ang puso ay isang OT paraan upang tumutukoy sa buong pagkatao. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:24. Ang mga Hentil ay lubusang nalinis at tinanggap ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Ang paraan ng kanilang paglilinis ay saananampalataya sa mensahe ng ebanghelyo. Sila ay nanampalataya, tumanggap, at lubusang tumanggap sa persona at gawain ni Hesus (cf. Roma. 3:21-5:11; Galacia 2:15-21).

**15:10 "bakit ninyo tinutukso ang Diyos"** Ang OT kaligiran ng pahayag na ito ay Exodo 17:2,7 at Deuteronomio 6:16. Ang Griyegong termino para sa "pagsubok" (*peirazō*) ay mayroong ang kahulugan ng "pagsubok na may pananaw sa pagkawasak." Ito ay isang seryosong pagtalakay! Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong mga Termino para sa "Pagsubok at Kanilang mga kahulugan sa 5:9.

▣ **"pamatok"** Ito ay ginamit ng mga rabbi para sa pagbabasa ng *Shema*, Deuteronomio 6:4-5; samakatuwid, ito kumakatawan sa Kautusa, isinulat na at binibigkas (cf. Mateo 23:4; Lucas 11:46; Galacia 5:1). Ginamit ito ni Hesus sa Mateo 11:29 para sa ang mga pangangailangan ng Bagong Kasunduan sa Kanya.

▣ **"na kahit ang ating mga magulang ni tayo man ay hindi maaaring makadala"** Ito ay naglalarawa ng mga katuruan ni Hesus (cf. Lucas 11:46). Ang paksang ito ay natalakay ni Pablo sa Galacia 3. Ngunit itong si Pedro, tulad ni Santiago, ang nakaramdam ng bigat ng Judaismo (cf. Galacia 2:11-21).

Ang pariralang ito ay tinatanggap ang teolohikong katotohanan na ang Kautusan ay walang kakayahang magdala ng kaligtasan dahil ang nalugmok na sangkatauhan ay maaaring hindi mapapanatili ang banal na kautusan (cf. Roma 7)! Ang kaligtasan ay hindi maaari ibatay sa pagsasakatuparan ng tao. Subalit, ang naligtas, pinagkalooban, at pinananahang mananampalataya ay kailangan mabuhay ng isang maka-Diyos na pamumuhay (cf. Mateo 11:30; Efeso 1:4; 2:10). Ang pagiging maka-diyos (pagiging katulad ni Kristo, i.e., Roma. 8:29; Galacia 4:19; Efeso 4:13) ay palaging ang layunin ng Kristiyanismo, para sa ang layunin ng pagkakaloob ng mga pagkakataon para sa pag-e-ebanghelyo, hindi pansariling pagmamataas o panghatol na legalismo.

**15:11** Ito ay isang buod ng kaligtasan (i.e., "naligtas," AORIST NA BALINTIYAK NA PAWATAS) ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya (para kay Pedro cf. Mga Gawa 2-3; para kay Pablo cf. 13:38-39; Roma. 3-8; Galacia 3; Efeso 1-2). Pansinin na ang daan ng kaligtasan ay magkatulad sa mga Hudyo at mga Hentil (cf. Roma 3:21-31; 4; Efeso 2:1-10).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:12-21

**[12]At nagsitahimik ang buong karamihan; at kanilang pinakinggan si Bernabe at si Pablo na nagsisipagsaysay ng mga tanda at ng mga kababalaghang ginawa ng Diyos sa mga Gentil sa pamamagitan nila. [13]At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako: [14]Sinaysay na ni Simeon kung paanong dinalaw na una ng Diyos ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan. [15]At dito'y nasasangayon ang mga salita ng mga propeta; gaya ng nasusulat, [16]Pagkatapos ng mga bagay na ito, ako'y babalik, At muli kong itatayo ang tabernakulo ni David, na nabagsak; At muli kong itatayo ang nangasira sa kaniya. At ito'y aking itatayo: [17]Upang hanapin ng nalabi sa mga tao ang Panginoon, At ng lahat ng mga Gentil, na tinatawag sa aking pangalan, [18]Sabi ng Panginoon, na nagpapakilala ng mga bagay na ito mula nang una. [19]Dahil dito'y ang hatol ko, ay huwag nating gambalain yaong sa mga Gentil ay nangagbabalik-loob sa Diyos; [20]Kundi sumulat tayo sa kanila, na sila'y magsilayo sa mga ikahahawa sa diosdiosan, at sa pakikiapid, at sa binigti, at sa dugo. [21]Sapagka't si Moises mula nang unang panahon ay mayroon sa bawa't bayan na nangangaral tungkol sa kaniya, palibhasa'y binabasa sa mga sinagoga sa bawa't sabbath.**

**15:12 "nagsitahimik ang buong karamihan; at kanilang pinakinggan"** Ang mga salita ni Pedro ang nagsaayos ng pangkat ng mga pinuno. Mula sa ang konteksto, ito ay tila sa puntong ito ang dalawa misyonero ay inulit ang kanilang pagtanaw sa pangmisyon paglalakbay sa pangalawang pagkakataon. Sa pagkakataong ito, ang pamunuan ay nakinig! Ang *Jerome Biblical Commentary* (tomo 2, p. 195) ay naniniwala na ito ay isa pang pagpupulong na hiwalay mula sa konseho ng iglesiya sa vv. 6-11. Sa aking palagay, ito ay katulad na pagpupulong.

▣ **"Bernabe at Pablo"** Pansinin na ang mga pangalan ay pabaliktad dahil ito ang tahanang iglesiya ni Bernabe.

▣ **"nagsisipagsaysay ng mga tanda at ng mga kababalaghang"** Ang teolohikong layunin ng Pentecostal mga wika sa Mga Gawa ay isang tanda ng pagtanggap ng Diyos, na ang kababalaghang maging ito ay partikular na tanda ay kadalasang paulit-

ulit bilang isang paraan ng pagpapatunay.

Ang mga tanda mismo ay isinakatuparan ni Hesus (cf. 2:22), ng mga Apostol (cf. 2:43; 3:7; 4:16,30; 5:12), ng Pito (cf. 6:8; 8:6,13), at nina Pablo at Bernabe (cf. 14:3; 15:12). ang Diyos ay nagpapatunay sa Kanyang presensya at kapangyarihan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng mga tanda at mga kamangha-manghang gawa. Ito ay higit pang katibayan sa mga pangkat na ninindigan sa Judaismo na ang Diyos ay lubusang tinanggap ang mga pagano batay sa biyaya biyaya lamang, sa pamamagitan ng pananampalataya.

**15:13 "Santiago"** Ito ay hindi ang Apostol Santiago dahil siya ay pinatay sa Mga Gawa 12:1-2. Ito ay ang kapatid sa Ina ni Hesus na naging ang pinuno ng Herusalem na iglesiya at may-akda ng NT aklat ng Santiago. Siya ay kilala bilang "Santiago ang Matuwid." Siya ay minsang tinawag na "mga tuhod ng kamelyo" dahil siya ay lubhang madalas na manalangin, na nakaluhod. Ang dalawang pangunahing mga pinuno ng Herusalem ay nagsalita sa isyung ito (Pedro at Santiago). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:17.

**15:14 "Simeon"** Ito ay ang Aramaiko anyo ni Simon, na si Pedro (cf. II Pedro 1:1).

▣ **"ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan"** Ito ay ang pandaigdigang pagbibigay-diin ng mga propeta sa OT (ex. Isaias 2:2-4; 42:6; 45:20-23; 49:6; 52:10). Ang bayan ng Diyos ay palaging isinasama ang kapwa mga Hudyo at mga Hentil (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 9:16; Efeso 2:11-3:13).

Ang parirala "para sa Kanyang pangalan" ay maaaring isang pagkabanggit sa Jeremias 13:11 at 32:20 o Isaias 63:12,14.

**15:15-18 "gaya ng nasusulat"** Ito ay isang malayang sipi mula sa Amos 9:11-12 sa Septuagint. Ang terminong "sangkatauhan" sa talata 17 ay *Edom* (ang bansa) sa ang Masoretikong Teksto, ngunit ang Septuagint ay mayroong *anthropos* (sangkatauhan). Si Santiago ang nagsipi ng Septuagint dahil ang pangkakataong ito ay taning umaakma sa kanyang layunin ng paghahayag ng pandaigdigang kalikasan ng pangako ng Diyos sa katubusan.

Pansinin ang ipinangakong mga pagkilos ay kay YHWH. Ito ay katulad sa Ezekiel 36:22-38. Pansinin ang bilang ng "Ako"!

Ito sipi mula sa ang LXX, na maliwanag na may kaibahan sa MT, ay nagpapakita na ang totoong isyu ng pananampalataya ay hindi isang perpektong teksto, ngunit isang perpektong Diyos at Kanyang plano para sa sangkatauhan. Wala sa atin ang tulad ng ang tekstwal mga kaibahan ng OT o NT, ngunit sila ay hind makakaapekto sa paananampalataya ng mananampalataya sa mapapagkatiwalaang Banal na Kasulatan. Ang Diyos ay mabisa at matapat na naghayag ng Kanyang sarili sa nalugmok na mga tao! Ang sulat kamay na sinaunang mga teksto ay hindi maaaring gamitin bilang isang katwiran upang itanggi ang kapahayagang ito. Tingnan si Manfred Brauch, *Abusing Holy Scriptures*, kabanata 1, "Ang Kalikasan ng Banal na Kasulatan," pp. 23-32.

**15:16** Ito ay maliwanag mula sa konteksto na pinili at iniba ni Santiago ang siping ito na mula sa Septuagint upang ipahayag ang pagsama ng mga bansa. Pinili niya ba ang tekstong ito dahil ito ay nagpapahayag ng pagkawasak ng Mosaikong relihiyon ng OT? Ang Bagong Kasunduan ay radikal ang pagkakaiba.

1. batay sa biyaya, hindi batay sa pagsusumikap (kaloob hindi kagalingan)
2. natuon sa Mesias, hindi sa templo (si Hesus ay ang bagong Templo)
3. pandaigdigang sa saklaw, hindi nakaluon lamang sa Hudyong lipi

Ang mga pagbabagong ito ay maaaring mapanira sa "sa panig ng pagtutuli" ng mga mananampalataya. Ngayon ang punong Apostol (Pedro), ang nagbagong-loob na rabbi Apostol (Pablo), at ang pinuno ng Herusalem na iglesiya (Santiago) lahat ay sumang-ayon laban sa kanila, bilang pagkakasundo (pagpili) ng punong iglesiya at ang mga misyong mga iglesiya!

**15:17** Anong isang kahanga-hangang pandaigdigang pahayag. Ngunit pansinin din na ang "pagpiling" parirala, "lahat ng mga Hentil na tinawag na sa pamamagitan ng Aking pangalan" (cf. Daniel 9:19). Ito ay nangangahulugan ng isang uri ng panambahang karanasan (cf. LXX ng Deuteronomio 28:10; din note Isaias 63:19; Jeremias 14:9).

**15:18** Ang pagkakasama ng mga Hentil ay ang palagiang plano ng Diyos (cf. Galacia 3:26-29; Efeso 3:3-6, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8). Ang kaparaan ng kaligtasan ay manggagaling mula sa linya ni Haring David (cf. v. 16; II Cronica 6:33).

**15:19** Ito ay ang pagwawakas ni Santiago.

**15:20** Ang mga patnubay na ito ay nangahulugang (1) tiyakin ang pakikipag-uganya sa hapag sa magkakahalong mga iglesiya at (2) paigtingin ang posibilidad ng lokal na Hudyong pag-e-ebanghelyo. Ang mga bagay na ito ay walang kinalaman sa personal na kaligtasan ng mga Hentil! Ang mga patnubay na ito ay nagtuturo sa kapwa sa pagkamapagdamdam ng Hudyon at paganong mga kalabisang sa pagsamba (cf. v. 29; 21:25).

Ang Levitikong kautusan ay ibinigay upang mapatingkad ang pangkakaiba (panlipunan at pang-relihiyon) sa pagitan ng mga Hudyo at mga Cananeo. Ang kanilang pinaka-layunin ay kawalang pakikipag-ugnayan, ngunit dito ang layunin ay ang salungat. Ang mga "pangunahing kaalamang ito" ay upang tulungang ipanatili ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng dalawang

kultura ng mga mananampalataya!

Mayroong maraming Griyegong kasulatang mga pagkakaiba kaugnay sa pang pang-Apostol na kautusang ito. Ang ilang ay may dalawang bagay, tatlong bagay, o apat na bagay. Para sa isang ganap na pagtalakay sa mga opsyon, basahin Bruce M. Metzger One *Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 429-434). Karamihang ng mga saling Ingles mga salin ay may apatang tala.

▣
**NASB, NRSV,**
**REB "sa pakikiapid"**
**NKJV, REV,**
**NET "*mula sa* sekswal na imoralidad"**
**NJB "mula sa bawal na mga pagpapakasal"**

Ito ay mahirap malaman ng tiyakan kung ang pagbabawal ay nakatuon sa
1. paganong imoral na mga kagawian sa pagsamba (i.e., imoralidad)
2. pagkamapagdamdam ng mga Hudyo patungkol sa pinagbabawal na ugnayang sekswal (cf. Levitico 18; tingnan si F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 43; NJB)

▣ **"at sa binigti, at sa dugo"** Ang ilang tagapagbigay-kahulugan ay inuugnay kapwa sa kautusa ni Moises sa pagkain (cf. Levitico 17:8-16). Ito ay,gayunman, maaari na "mula sa dugo" na tumutukoy sa pagpatay, na isa ring pangunahing isyu sa mga sulat ni Moises.

**15:21** Ang talatang ito ay nangangahulugang
1. pagtiyak sa mga panig sa kautusan na ang Torah ay itinuturo sa mga Hentil sa lahat ng mga lokalidad o
2. dahil ang mga Hudyo ay nasa bawat lokalidad, ang kanilang pag-aalinglangan ay kailangang igalang upang sila ay maaaring mabisang pangaralan ng ebanghelyo (cf. II Corinto 3:14-15)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:22-29

**22Nang magkagayo'y minagaling ng mga apostol at ng matatanda, pati ng buong iglesiya, na magsihirang ng mga tao sa kanilang magkakasama, at suguin sa Antioquia na kasama ni Pablo at ni Bernabe; si Judas na tinatawag na Barsabas, at si Silas na mga nangungulo sa mga kapatid: 23At nagsisulat sila sa pamamagitan nila, Ang mga apostol at ang mga matanda, mga kapatid, sa mga kapatid na nangasa mga Gentil sa Antioquia at Siria at Cilicia, ay bumabati: 24Sapagka't aming nabalitaan na ang ilang nagsialis sa amin ay nangangbagabag sa inyo ng mga salita, na isininsay ang inyong mga kaluluwa; na sa kanila'y hindi kami nangagutos ng anoman; 25Ay minagaling namin, nang mapagkaisahan na, na magsihirang ng mga lalake at suguin sila sa inyo na kasama ng aming mga minamahal na si Bernabe at si Pablo, 26Na mga lalaking nangagsapanganib ng kanilang mga buhay alang-alang sa pangalan ng ating Panginoong Hesukristo. 27Kaya nga sinugo namin si Judas at si Silas, na mangagsasaysay din naman sila sa inyo ng gayon ding mga bagay sa salita ng bibig. 28Sapagka't minagaling ng Banal na Espiritu, at namin, na huwag kayong atangan ng lalong mabigat na pasanin maliban sa mga bagay na ito na kinakailangan: 29Na kayo'y magsiilag sa mga bagay na inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa mga binigti, at sa pakikiapid; kung kayo'y mangilag sa mga bagay na ito, ay ikabubuti ninyo. Paalam na sa inyo.**

**15:22** Ang kinatawang ito ay para sa ang layunin ng pagkakaisa (cf. v. 23), hindi sa kautusan ng pagsunod.

▣ **"si Judas na tinatawag na Barsabas"** Ang matapat na pinunong ito, tulad ng marami sa NT, ay di-kilala sa atin. Wala na kahit saan sa NT ang sinabi patungkol sa kanya. Ngunit nakikilala siya ng Diyos nang lubusan!

Ito ay maaaring ang taong ito ay ang kapatid ni Jose Barsabas, na isa sa mga pinagpipilian na kapalit ni Judas Iscariote sa 1:23. Kung totoo it, sila ay kapwa mga anak ng isang taong Barsabas.

▣ **"Silas"** Siya, tulad ng Bernabe, ay isang pinuno sa ang iglesiya sa Herusalem. Siya ay tinawag na Silvanus kay Pablo at papalit kay Bernabe bilang kasama ni Pablo sa pangalawang pang-misyong paglalakbay. Maaaring pinili siya ni Pablo upang kakapag may isang tao na nagsakdal ng (1) pangangaral ng ibang ebanghelyo sa Labindalawa o (2) paglabas sa pakikipag-ugnayan sa inang iglesiya, Si Silas ay maaaring na sumagot sa kanilang mga pagkabalisa at mga pagpaparatang.

## NATATANGING PAKSA: SILAS/SILVANUS

Si Silas, o Silvanus, ay ang pinili ni Pablo na makasama niya sa pangalawang pang-misyong paglalakbay pagkatapos ng Bernabe at Juan Marcos went back sa Chipre:

A. Siya ay unang na nabanggit sa ang Bible sa Mga Gawa 15:22 where siya ay tinawag na isang chief man among ang brethren ng ang Herusalem Iglesiya.
B. Siya ay din isang propeta (cf. Mga Gawa 15:32).
C. Siya ay isang Romanong mamamayan tulad ng Pablo (cf. Mga Gawa 16:37).
D. Siya at Judas Barsabas ay sent sa Antioquia sa pamamagitan ng ang Herusalem Iglesiya sa inspect ang situation (cf. Mga Gawa 15:22,30-35).
E. Pablo mentions him sa II Corinto 1:19 bilang isang fellow ebanghelyo preacher.
F. Later siya ay identified with Pedro sa writing I Pedro. (cf. I Pedro 5:12).
G. Kapwa Pablo at Pedro call him Silvanus habang Lucas calls him Silas (ang Aramaiko anyo ng Saulo). Ito ay maaari na Silas ay kanyang Hudyong pangalan at Silvanus kanyang Latin pangalan (cf. F. F. Bruce, *Pablo: Apostol ng ang Heart Set Free*, p. 213).

**15:23** Ang sulat mula sa ang Konseho ng Herusalem na nauukol lamang sa tiyak mga iglesiya, ay tila sa mga mayroong malaking bahagi ng nananampalatayang Hudyong. Sa pamamagitan ng tala lamang ng tiyak na mga rehiyon, Si Santiago ay nagpapakita na ito ay hindi ay nangahulugang bilang kautusan para sa lahat ang Hentil na mga iglesiya. Ang sulat ay para lamang para sa mga layuning pakikipag-ugnayan at pag-e-ebanghelyo at hindi sa paggabay para sa etika o kaligtasan!

Ikaw ba bilang isang makabagong mananampalataya ay lubusang iiwas sa di-Kosher na mga karne? Tingnan ang

1. Manfred Brauch, *Abusing Holy Scriptures,* kabanata 7, "Ang Pag-abuso ng Konteksto: Pangkasaysayang Sitwasyon at Pangkulturang Katotohanan," pp. 202-249
2. Gordon Fee, *Gospet and Spirit*
3. *Hard Sayings of the Bible*, "Paanong Kosher ang Dapat ipamuhay ng mga Kristiyano?", pp. 527-530 at "Kakain o Hindi Kakain," pp. 576-578

Itong lahat ay mga tulong na mga artikulo. Ito ay lubhang maginhawa na basahin ang bing nakaalam, matapat at nananampalatayang sa Bibliya na mga Kristiyano na nakikihamahok sa isyu. Ang kanilang mga sulat ay nagbibigay sa ibang mga mananampalataya ng kalayaan na mag-isip at mamuhay batay saang liwanag mayroon silang taglay. Pagkakaisa, hindi pagkakatulad, ay ang susi sa malusog, lumalago, ang Dakilang Komisyong mga iglesiya.

▣ **"Cilicia"** Ito ay ang lugar ng tahanan ni Pablo (cf. 22:3).

**15:24** Ang talatang ito ay nagpapakita na ang iglesiya sa Herusalem ay may kabatiran na ang ilang sa kanilang pagiging kasapi, na walang awtoridad o kinatatayuan bilang pinuno (cf. v. 1), ay (1) naglalakbay sa mga pang-misyonng glesiya at (2) humuhingi ng pagsunod sa Kautusan ni Moises (cf. v. 1). Ang PANDIWA (*anaskeuazō*) na ginamit ay isang malakas na pang-militar na termino na ginamit lamang dito sa NT para sa pagdarambong ng isang lungsod.

**15:25**
**NASB** **"nang mapagkaisahan na"**
**NKJV** **"nang nagkatipon upang magkaisa"**
**NRSV, NJB** **"kami ay nagpasyang may buong pagkakaisa"**
**TEV** **"kami ay nagkitang at sumang-ayong lahat"**

Ang pagkakaisang ito sa mga mananampalataya ay isang katangian ng presensya ng Espiritu (cf. v. 28). Pansinin na ito ay hindi nangangahulugan na walang pagtalakay o pagpapalit ng malalakas na mga mungkahi, ngunit nang matapos ng isang buong paglalahad ng isyu ang mga mananampalataya dumating sa isang nagkakaisang adyenda.

Ang nagkakaisang teolohikong pagkakasundo ay kailangang mailathala sa ibang mga bansa na lubhang katulad na pag-iigting at pangangatuwiran na hindi muling mauulit. Ang Herusalem iglesiya ay mayroong ngayon tinaglay na isang pampamunuang panindigan sa nilalaman ng banghelyo at ang mga pahiwatig nito para sa mga Hentil!

**15:26** Sina Pablo at Bernabe ay nagbahagi hindi lamang ng mga tagumpay, ngunit gayundin ang paghihirap sa gawaing pang-misyon. Ang kahinaang ito ay hindi isang dumadaang pakiramdam, ngunit isang pangmatagalang pangako (GANAP NA TAHAS NA KATAGA).

**15:28 "ng Banal na Espiritu, at namin,"** A Diyos ay nandito sa napakahalagang pagpupulong na ito. Inihahayag Niya ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng pagtalakay! Ang Banal na Espiritu ay ang isa na nagdudulot ng pagkakaisa. Dito na kapwa ang mga ng biblikal na kasunduang ay mapapansin—ang pagkilos ng Diyos at nararapat na pagtugon ng tao. Pansining ito ay isang pagbibigayan; ang bawat panig ay may nakuhang ilan. Ang biyaya-lamang, pananampalataya-lamang na ebanghelyo ay pinanindigan, ngunit ang pang-Hudyong pagkamadamdam ay iginalang Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Persona ng Espiritu sa 1:2.

▣ **"thes mga bagay na ito na kinakailangan"** Ito ay hindi tumutukoy sa personal, indibidwal na kaligtasan, ngunit pakikipag-ugnayan sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil sa lokal na mga iglesiya.

**15:29** Ito ay nangahulugang para sa mga Hentil na isang lubusang pagkasira ng kanilang nakalipas na pagsamba sa diyus-diyosan. Ang Kistyano kalayaan at pananagutan ay mahirap ibalanse, ngunit sila ay kailangan (cf. Roma. 14:1-5:13; I Corinto 8:1-13; 10:23-28). Ang mga nakaraang pagsamba ng mga pagano ay kinapapalooban ng lahat ng tatlong ito na di-kasamang mga bagay!

Ang "mga pangunahing bagay na ito" ay natala sa iba't-ibang paraan sa iba't-ibang Griyegong mga kasulatan. Ang totoong katanungan ay sa kung ano ang kanilang pinag-uugnayan?

1. ang mga bagay na inalay sa mga diyos-diyosan na tumutukoy sa karne (cf. I Corinto 8; 10:23-33)
2. ang dugo ay maaaring tumutukoy sa kahit ano sa
    a. di-kosher na karne
    b. pinagplanuhang pagpatay
3. mga bagay na nakabigti ay tumutukoy sa di-kosher na paraan ng pagpatay sa mga hayop, nagpapahiwatig na ang nakalipas na dalawa din ay nauugnay sa pagkamadamdamin ng mga Hudyo sa pagkain (i.e., Levitico 11)
4. ang pakikiapid ay maaaring tumutukoy sa
    a. pakikilahok sa paganong mga ritwal pagsamba (gayundin naman sa pagkain)
    b. OT Levitikong kautusan sa bawal na pakikipag relasyong sekswal (cf. Levitico 17:10-14, tingnan si F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 43)

Ang lahat ng mga "pangunahing bagay" ay hindi nauugnay sa kaligtasan, ngunit sa pakikipag-ugnayan sa loob ng magkakahalong mga iglesiya at pagkakataon ng pagpapalawak para sa Hudyong pag-e-ebanghelyo. Tingnan si F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 80-81.

## NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG KALAYAAN laban sa KRISTIYANONG PANANAGUTAN

A. Ang kabanatang ito ay susubukang itimbang ang kabalintunaan ng Kristyanong kalayaan at pananagutan. Ang pampanitikang yunit ay matatagpuan sa Mga Gawa 15:13.

B. Ang suliranin na nagpasiklab sa kabanatang ito ay maaaring ang pag-iigting sa pagitan ng Hentil at Hudyong mga mananampalataya sa ang iglesiya sa Roma. Bago ang pagbabagong-loob ang mga Hudyo ay may pagkiling sa pagiging sa legalismo at ang mga pagano ay may pagkiling na maging imoral. Tandaang, sa kabanatang ito ay tintuon sa matatapat na mga tagasunod ng Hesus. Ang kabanatang ito hindi ay hindi tinutuon sa carnal na mga mananampalataya (cf. I Corinto 3:1). Ang pinakamalakas na motibo ay tinutuon sa kapwa mga pangkat. Mayroong panganib sa mga labis ng kapwa panig. Ang pagtalakay na ito ay hindi isang lisensya para sa mapagpiling legalismo o maranyang kalayawan.

C. Mga mananampalataya ay kailangang maging maingat na hindi gumawa ng kanilang teolohiya o etika na pamantayan para sa lahat ng ibang mga mananampalataya (cf. II Corinto 10:12). Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa ang liwanag na kanilang taglay ngunit unawain na ang kanilang teolohiya ay hindi pakusang teolohiya ng Diyos. Mga mananampalataya ay apektado parin ng kasalanan. Kailangan tayong magpalakas, maghikayat, at turuan ang isa't-isa mula sa Banal na Kasulatan, dahilan, at karanasan, ngunit palaging sa pag-ibig. Lalong nakakalam ang isa, mas lalo niyang nalalaman na hindi niya lalong nalalaman (cf. I Corinto 13:12)!

D. Ang ugali at mga motibo sa harap ng Diyos ay ang totoong susi sa paghuhusga sa kanyang mga pagkilos. Ang mga Kristiyano ay haharap kay Kristo upang hatulan kung paano nila pinakitunguhan ang iba (cf. vv. 10,12 at II Corinto 5:10).

E. Sinabi ni Martin Luther na ang, "Isang Kristyano ay ang pinakamalayang Panginoon ng lahat, papailalim sa wala; ang Kristyano ay ang pinakamasunuring lingkod ng lahat, papailalim sa lahat." Ang biblikal na katotohanan ay kadalasang ipinapakilala sa isang puno ng pag-iigting na kabalintunaan.

F. Ang mahirap ngunit napakahalagang paksa ay tinatalakay sa buong pampanitikang yunit ng Roma 14:1-15:13 at gayundin sa I Corinto 8-10 at Colosas 2:8-23.

G. Subalit, ito ay kinakailangang maihayag na ang pluralismo sa gitna ng mga matapat na mananampalataya ay hindi isang masamang bagay. Bawat mananampalataya ay mayroong mga kalaksan at mga kahinaan. Bawat isa ay kailangang lumakad sa ang liwanag na kanyang taglay, palaging palaging bukas sa ang Espiritu at Bibliya para sa mas maraming liwanag. Sa yugtong ito na nakikita sa isang madilim na salamin (I Corinto 13:8-13), ang isa <u>ay kailangang</u> lumakad sa pag-ibig (v. 15), at kapayapaan (vv. 17,19) para sa pagpapalakasan ng isa't-isa.

H. Ang mga titulong "mas malakas" at "mas mahina" na ibinibigay ni Pablo sa mga pangkat ay pinag-iiba sila sa <u>atin</u>. Ito

ay tiyak na hindi Layunin ni Pablo. Kapwa mga pangkat ay matatatapat na mga mananampalataya. Hindi natin tinatangka na hubugin ang ibang mga Kristiyano sa ating sarili! Tinatanggap natin ang bawat-isa kay Kristo!

I. Ang buong pangangatuwiran ay maaaring ibalangkas bilang
   1. pagtanggap sa isa't-isa dahil tinaggap tayo ng Diyos kay Kristo (cf. 14:1,3; 15:7);
   2. huwag hatulan ang isa't-isa dahil si Kristo ay ating tanging Panginoon at Hukom (cf. 14:3-12);
   3. pag-ibig ay mas mahalaga kaysa personal na kalayaan (cf. 14:13-23);
   4. sundin ang halimbawa ni Kristo at isuko ang ating karapatan para sa ikakatibay at ikakabuti ng iba (cf. 15:1-13).

▣ **"kung"** Sa gramatika, ito ay hindi isang MAY PASUBALING PANGUNGUSAP. Ang NJB ay mayroong "iwasa ang mga ito, at at gagawin mo kung ano ang tama."

▣ **"Paalam na sa inyo"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA PAUTOS na ginamit bilang isang karaniwang pagsasara na naghahangad ng kalakasan at kalusugan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:30-35

**30Kaya nga, nang sila'y mapayaon na, ay nagsilusong sa Antioquia; at nang matipon na nila ang karamihan, ay kanilang ibinigay ang sulat. 31At nang ito'y kanilang mabasa na, ay nangagalak dahil sa pagkaaliw. 32Si Judas at si Silas, palibhasa'y mga propeta rin naman, ay inaralan ang mga kapatid ng maraming mga salita, at sila'y pinapagtibay. 33At nang sila'y makapaggugol na ng ilang panahon doon, ay payapang pinapagbalik sila ng mga kapatid sa mga nagsipagsugo sa kanila. 34Datapuwa't minagaling ni Silas ang matira roon. 35Datapuwa't nangatira si Pablo at si Bernabe sa Antioquia, na itinuturo at ipinangangaral ang salita ng Panginoon, na kasama naman ng ibang marami.**

**15:30** Ito ay isa pang pang-kongregasyong pagpupulong. Ito ay nagpapakita ang kahalagahan ng tinupong lokal na iglesiya.

**15:31** Ito pangalawang pagtitipon ng mga tao (i.e., ang Hentil na iglesiya ng Antioquia) ay hindi nakita ang mga mahahalaga bilang salungat o ipinagbabawal.

**15:32** Ang talatang ito ay tinatakda ang layunin ng NT propesiya. Ito ay pangunahing ang pangangaral ng ang ebanghelyo at kanyang pag-aangkop; malay natin, maaaring ito ay NT katibayan para sa mga mahabang pangangaral! Tingnan ang Natatanging Paksa: Propesiya ng Bagong Tipan sa 11:27.

**15:33 "payapa"** Ang saling ito ng NASB hindi akma. Tingnan ang NKJV o NRSV para sa isang mas malinaw na paraan ng pagsalin talatang ito. Ito ay maaaring maglarawan ang Hebreong pagpapaalam, *Shalom* (i.e., "kapayapaan", BDB 1022). Ito ay isang higit pang paraaan pagpapakita ng buong pagtulong sa iglesiya sa Herusalem at kanyang pamunuan.

**15:34** Ang talatang ito ay hindi isinama sa Griyegong mga kasulatan P[74], א, A, B, E, o sa saling Vulgata Latin. Ito rin ay tinanggal sa NRSV, TEV, NJB, at NIV. Ito ay sa isang binagong anyo ng iba pang unsyanong Griyegong mga kasulatan (i.e., C at D). Ito ay ay maaaring hindi orihinal na bahagi ng Mga Gawa. Ang UBS[4] ay inaantasan ang pagtanggal na ito bilang "tiyak" (A).

**15:35** Ang talatang ito ay nagpapakita kung paano ang maraming ibang unang siglo na mga mangangaral at mga guro na ating ginagawang bago na walang nalalaman patungkol dito. Ang NT ay lubhang mapili sa kanyang sakasi patungkol sa mga buhay ng ibang mga Apostol at ibang mga misyonero at mga mangangaral. Nalalaman ng Diyos! Mga Gawa ay hindi nawiwili sa mga talambuhay.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:36-41

**36At nang makaraan ang ilang araw ay sinabi ni Pablo kay Bernabe, Pagbalikan natin ngayon at dalawin ang mga kapatid sa bawa't bayang pinangaralan natin ng salita ng Panginoon, at tingnan natin kung ano ang lagay nila. 37At inibig ni Bernabe na kanilang isama naman si Juan, na tinatawag na Marcos. 38Datapuwa't hindi minagaling ni Pablo na isama nila ang humiwalay sa kanila mula sa Pamfilia, at hindi sumama sa kanila sa gawain. 39At nagkaroon ng pagtatalo, ano pa't sila'y naghiwalay, at isinama ni Bernabe si Marcos, at lumayag sa Chipre: 40Datapuwa't hinirang ni Pablo si Silas, at yumaon, na sila'y ipinagtagubilin ng mga kapatid sa biyaya ng Panginoon. 41At kaniyang tinahak ang Siria at Cilicia, na pinagtitibay ang mga iglesiya.**

**15:36 "Pagbalikan natin"** Ito ang layunin nina Pablo at Bernabe sa pagpalik at pagpapalakas ng bagong mga iglesiya na sinimulan sa kanilang unang paglalakbay. Pansinin dito na hindi maka-Diyos na pagpapahayag patungkol sa misyong ito na gaya ng

naunang isa (cf. 13:2).

**15:38 "Datapuwa't minagaling ni Pablo"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Tila si Pablo ay nagpatuloy sa pagpapaphayag ng kanyang pag-aatubili.

▣ **"ang humiwalay sa kanila"** Ang tiyak na dahilan kung bakit humiwalay si Juan Marcos sa unang misyon ay di-tiyak (cf. 13:13).

**15:39 "nagkaroon ng pagtatalo, ano pa't sila'y naghiwalay"** Ang ugat na nangangahulugang ng terminong ito ay "matulis," na nangangahulugang "na patalasin bilang isang talim." Ito ay ginamit sa isang paayong kaunawaan sa Hebreo 10:24. Ang PANDIWA ay din ginamit sa Mga Gawa 17:6 at I Corinto 13:5. Sila ay tunay na nagkaroon ng isang pangangatuwiran!

▣ **"isinama ni Bernabe si Marcos, at lumayag sa Chipre"** Ngayon, mayroong dalawa pang-misyong pangkat.

**15:40 "hinirang ni Pablo si Silas"** Pinili ni Pablo ang isa pang pinuno mula sa iglesiya Herusalem.

▣ **"yumaon, na sila'y ipinagtagubilin ng mga kapatid sa biyaya ng Panginoon"** Ito ay kinapapaloobn ng isang uri ng panglaang panalangin paglilingkod (cf. 6:6; 13:3 14:26; 20:32). Ito ay nagpapahiwatig na ang buong iglesiya, hindi isang piniling pangkat.

**15:41 "Cilicia"** Bakit at at kung paano nagsimula ang mga iglesiya ay di-tiyak. Maaaring Pablo mismo ay nagsimula sa kanila sa panahon ng kanyang mga tahimik na taon sa Tarso. Ang Cilicia ay ang tahanang lalawigan ni Pablo.

▣ **"mga iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa5:11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ay kabanatang ito ay lubhang mahalaga?
2. Sino ang mga Judaizer-na Kristiyano?
3. Bakit ang pananaw ni Santiago sa binigyan ng lubhang malaking timbang?
4. Sino ang mga matatanda?
5. Ang mga pagbabawal ba ng mga talata 28-29 ay tumutukoy sa kaligtasan o pakikipag-ugnayan?

# MGA GAWA 16

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Timoteo ay sumama kina Pablo at Silas | Si Timoteo ay sumama kina Pablo at Silas | Sumama si Timoteo kay Pablo | Si Timoteo ay sumama kina Pablo at Silas | Lycaonia: Sinama ni Pablo si Timoteo |
| | | | | 15:41-16:3 |
| 16:1-5 | 16:1-5 | 16:1-5 | 16:1-5 | |
| | | | | 16:4 |
| | | | | 16:5 |
| Ang Pangitain ni Pablo sa isang taga-Macedonia | Ang Panawagan sa Macedonia | Sa Asya Minor patungong Troas | Sa Troas: Pangitain | Ang Pagtawid ng Asya Minor |
| 16:6-10 | 16:6-10 | 16:6-10 | 16:6-10 | 16:6-8 |
| | | | | 16:9-10 |
| Ang Kaligtasan ni Lidia | Si Lyida ay binautismuhan sa Filipos | Pablo at Silas sa Filipos | Sa Filipos: ang Kaligtasan ni Lidia | Pagdating sa Filipos |
| 16:11-15 | 16:11-15 | 16:11-15 | 16:11-15 | 16:11-15 |
| Ang Pagkabilanggo sa Filipos | Sina Pablo at Silas ay nabilanggo | | Sa Kalungan sa Filipos | Pagkabilanggo nina Pablo at Silas |
| 16:16-24 | 16:16-24 | 16:16-18 | 16:16-22a | 16:16-18 |
| | | 16:19-24 | | 16:19-24 |
| | | | 16:22b-24 | |
| | Ang taga-Filipinos na Bantay-piitan ay naligtas | | | Ang Mahimalang Pagkaka-laya nina Pablo at Silas |
| 16:25-34 | 16:25-34 | 16:25-34 | 16:25-28 | 16:25-28 |
| | | | 16:29-30 | 16:29-34 |
| | Itinanggi ni Pablo na Lumisan nang Palihim | | 16:31-34 | |
| 16:35-40 | 16:35-40 | 16:35-40 | 16:35 | 16:35-37 |
| | | | 16:36 | |
| | | | 16:37 | |
| | | | 16:38-40 | 16:38-40 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL SA MGA GAWA 15:36-16:40

I. ANG PANGALAWANG PANG-MISYONG PAGLALAKBAY (15:36-18:23)

A. Ang misyong ito ay mas tumagal kaysa ang unang paglalakbay, maaaring tumagal ng 3-4 na taon.

B. Ito ay pangunahing tumutuon sa Macedonia at Acaya, na makabagong Grecia.

C. Maikling Balangkas
1. Pagkakahati nina Bernabe at Pablo, 15:36-40 (tunggalian tungkol kay Juan Marcos)
2. Siria at Cilicia, 15:41 (kailan at kung paano ang mga iglesiyang ito nagsimula ay di-tiyak.)
3. Listra at Derbe, 16:1-5 (Timoteo ay sumama sa pangkat.)
4. Troas (Troy), 16:6-10 (Si Pablo ay tumanggap ng isang pangitain sa pagliko sa kanluran.)
5. Filipos, 16:11-40
6. Tesalonica, 17:1-9
7. Berea, 17:10-14
8. Atenas, 17:15-34
9. Corinto, 18:1-17
10. Pabalik sa Antioquia ng Siria, 18:18-22

## PAUL'S CO-LABORERS

A. Juan Marcos (Juan ay Hudyong pangalan. Marcos ay Romanong pangalan, Mga Gawa 12:25.)
1. Siya ay lumaki sa Herusalem. Ang bahay ng kanyang ina ay nabanggit sa Mga Gawa 12:12 bilang ang lugar na nagkikita ang sinaunang iglesiya sa Herusalem upang manalangin.
2. Maraming nagpapahayag na ang kanyang bahay ay ang lugar ng Hapunan ng Panginoon na ang nakahubad na lalaki ng Marcos 14:51-52 ay si Juan Marcos. Kapwa ang mga ito ay maaari, ngunit sila lamang ay haka-haka.
3. Siya ay pinsan ni Bernabe (cf. Colosas 4:10).
4. Siya ang kasama nina Bernabe at Pablo (cf. Mga Gawa 13:5).
5. Iniwan niya ang pangkat na nauna at bumalik sa Herusalem (cf. Mga Gawa 13:13).
6. Nais ni Bernabe na isama siya sa pangalawang paglalakbay, ngunit tumanggi si Pablo (cf. Mga Gawa 15:36-41).
7. Sa huli, sina Pablo at Juan Marcos ay tila nagkasundo na (cf. II Timoteo 4:11; Filemon 24).
8. Siya ay tila ang naging malapit na kaibigan ni Pedro (cf. I Pedro 5:13).
9. Ang tradisyon ay nagsasabi sa siya ang nagsulat ng Ebanghelyo na nagtataglay ng kanyang pangalan sa pamamagitan ng pagtala ng mga pangangaral ni Pedro na naipangaral sa Roma. Ang Ebanghelyo ni Marcos ay mayroong mas maraming Lating mga terminong kaysa kahit-anong ibang NT aklat at maaaring isinulat para sa Romans. Ito ay dumating mula kay Papias ng Hierapolis, na nakatala sa pamamagitan ni Eusebio *Eccl. His.* 3.39.15.
10. Ang tradisyon ay nagsasabing siya ay naiuugnay sa pagtatatag ng Iglesiya sa Alejandrino

B. Silas
1. Siya ay tinawag na Silas sa Mga Gawa at Silvanus sa ang mga Sulat.
2. Siya, tulad ng Bernabe, ay isang pinuno sa Herusalem na Iglesiya (cf. Mga Gawa 15:22-23).
3. Siya ay malapit na naiuugnay kay Pablo (cf. Mga Gawa 15:40; 16:19ff; 17:1-15; I Thesalonica 1:1).
4. Siya, tulad ng Bernabe at Pablo, ay isang propeta (cf. Mga Gawa 15:32).
5. Siya ay tinawag na isang apostol (cf. I Thesalonica 2:6).
6. Siya, tulad ng Pablo, ay isang Romanong mamamayan (cf. Mga Gawa 16:37-38).
7. Siya, tulad ng Juan Marcos, ay naiuugnay din kay Pedro, kahit na maaaring gumaganap bilang isang eskriba (cf. I Pedro 5:12).

C. Timoteo
1. Ang kanyang pangalan ay nangangahulugang "ang isang nagpaparangal sa Diyos."
2. Siya ay anak ng isang Hudyong ina at isang Griyegong ama at nanirahan sa Listra. Ang Lating salin sa sa komentaryo ni Origen sa Roma. 16:21 ay nagsasabing si Timoteo ay isang mamamayan ng Derbe. Ito ay maaaring kinuha mula sa Mga Gawa 20:4. Siya ay tinuruan sa Hudyong pananampalataya sa pamamagitan ng kanyang ina at lola (cf. II Timoteo 1:5; 3:14-15).
3. Siya ay hininging sumama sa pang-misyong pangkat nina Pablo at Silas sa pangalawang paglalakbay (cf. Mga Gawa 16:1-5). Siya ay napagtibay ng propesiya (cf. I Timoteo 1:18; 4:14).
4. Siya ay tinuli sa pamamagitan ng Pablo upang gumawa sa kapwa mga Hudyo at mga Griyego.
5. Siya ay isang matapat na kasamahan at kamanggagawa ni Pablo. Siya ay nabanggit sa pangalan na mas higit kaysa kahit-anong ibang nakatuwang ni Pablo (17 beses sa 10 sulat, cf. I Corinto 4:17; 16:10; Filipos 1:1; 2:19; Colosas 1:5; I Thesalonica 1:1; 2:6; 3:2; I Timoteo 1:2,18; 4:14; II Timoteo 1:2; 3:14-15).
6. Siya ay tinawag na isang "apostol" (cf. I Thesalonica 2:6).
7. Dalawa sa tatlong mga Sulat Pastoral ay para sa kanya.
8. Siya ang huling nabanggit sa Hebreo13:23.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:1-5

**1 At siya'y naparoon din naman sa Derbe at sa Listra: at narito, naroon ang isang alagad, na nagngangalang Timoteo, na anak ng isang Judiang sumasampalataya; datapuwa't Griyego ang kaniyang ama. 2 Siya'y may mabuting patotoo ng mga kapatid na nangasa Listra at Iconio. 3 Iniibig ni Pablo na sumama siya sa kaniya; at kaniyang kinuha siya at tinuli dahil sa mga Hudyo na nangasa mga dakong yaon: sapagka't nalalaman ng lahat na ang kaniyang ama'y Griyego. 4 At sa kanilang pagtahak sa mga bayan, ay ibinigay sa kanila ang mga utos na inilagda ng mga apostol at ng mga matanda sa Herusalem, upang kanilang tuparin. 5 Kaya nga, ang mga iglesiya'y pinalakas sa pananampalataya at naragdagan ang bilang araw-araw.**

**16:1 "sa Derbe at sa Listra"** Ang mga lungsod na ito ay matatagpuan sa katimugang bahagi ng ang Romanong Lalawigan ng Galacia (makabagong Turkey). Dinalaw ni Pablo ang lugar na ito sa kanyang unang pang-misyong paglalakbay (cf. v. 14).

▣ **"naroon ang isang alagad"** Ginagamit ni Lucas ang termino *idou* upang ipakilala ang pariralang ito. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng pagbibigay-diin. Si Timoteo ay magiging isang pangunahing kasama sa ministeryo ni Pablo.

▣ **"anak ng isang Judiang sumasampalataya; datapuwa't Griyego ang kaniyang ama"** Mula sa II Timoteo 1:5 natutunan natin na ang kanyang lola ay isa ding Hudyong mananampalataya o isang Hudyo na lumaki sa pananampalataya. Ang kanyang lola ay nagngangalang Lois at ang kanyang ina ay nagngangalang Eunice. Ang kanyang ina, at maaaring lola, naging mga mananampalataya sa unang misyon ni Pablo.

**16:2 "Siya'y may mabuting patotoo"** Ito ay isang DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang mga tao ay paulit-ulit na nagsasabi ng magaganda tungkol kay Timoteo. Isa sa mga katangian para sa isang iglesiyang pinuno ay "hindi tatangan para sa krtisismo," sa loob ng kapwa ang nananampalatayang at di-nananampalatayang mga pamayanan (cf. I Timoteo 3:2, 7, 10).

▣ **"sa Listra"** Ang bayang sinilangan ni Timoteo ay Listra. Subalit, ilang Griyegong mga kasulatan ng Mga Gawa 20:4 (at mga sulat ni Origen) ay nagpapahiwatig na Derbe ay kanyang bayang sinilangan.

**16:3 "Iniibig ni Pablo na sumama siya sa kaniya"** Pansining tinawag ni Pablo si Timoteo. Ito ay hindi lamang pinili ni Timoteo (cf. I Timoteo 3:1). Sa isang kaunawaan, siTimoteo ay naging pang-apostol na delegado o kinatawan ni Pablo.

▣ **"tinuli siya"** Ninais ni Pablo na makapag-ministeryo sa mga Hudyo (cf. I Corinto 9:20; Mga Gawa 15:27-29). Ito ay hindi isang pagkakasundo sa mga Judaizer dahil
1. sa mga binunga ng Konseho ng Herusalem (cf. v. 15)
2. tinanggihan niyang tuliin si Tito (cf. Galacia 2:3)

Subalit, ang mga pagkilos ni Pablo ay tiyak na nagpalito ng isyu! Ang pamamaraan ni Pablo na maging lahat ng mga bagay sa lahat ng tao upang mahikayat ang ilan (cf. I Corinto 9:19-23) ay ginagawang una ang mga tao at kanilang kaligtasan!

▣ **"ang kaniyang ama'y Griyego"** Ang DI-GANAP PANAHUNAN ay nagpapahiwatig na siya ay patay na.

**16:4** Pablo at Silas ay nag-ulat (i.e., DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG) sa naging bunga ng Konseho ng Herusalem (cf 15:22-

29). Ang pagtanda ng mga "mahahalaga" ay para sa dalawang layunin:

1. pakikipag-ugnayan sa loob ng mga iglesiya
2. Hudyong pag-e-ebanghelyo (gaya ng pagtutuli kaya Timoteo)

**16:5** Ito ay isa pang buod na mga pahayag ni Lucas (cf. 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20; 28:31). Si Pablo ay may puso para sa pagdidisipulo (cf. 14:22; 15:36; 15:5). Ang pag-e-ebanghelyo na walang pagdi-disipulo ay lumalabas sa Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:18-20) at nagbubunga ng "espiritwal na pagpapalaglag"!

▣ **"mga iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:6-10

**6 At nang kanilang matahak ang lupain ng Frigia at Galacia, ay pinagbawalan sila ng Banal na Espiritu na saysayin ang salita sa Asya; 7 At nang sila'y magsidating sa tapat ng Misia, ay pinagsikapan nilang magsipasok sa Bitinia; at hindi sila tinulutan ng Espiritu ni Hesus; 8 At pagkaraan nila sa Misia, ay nagsilusong sila sa Troas. 9 At napakita ang isang pangitain sa gabi kay Pablo: May isang lalaking taga Macedonia na nakatayo, na namamanhik sa kaniya, at sinasabi, Tumawid ka sa Macedonia, at tulungan mo kami. 10 At pagkakita niya sa pangitain, pagdaka'y pinagsikapan naming magsiparoon sa Macedonia, na pinatutunayang kami'y tinawag ng Diyos upang sa kanila'y ipangaral ang ebanghelyo.**

**16:6 "matahak ang lupain ng Frigia at Galacia"** Sa tekstong ito, si Lucas ay nagsasalita nang higit patungkol sa panglahi, pang-lingwistikong mga pangat kaysa Romanong pampulitikang mga paghahati o mga lalawigan. Ang wikaing ito ay maaaring tumutukoy sa di-opisyal na hangganan sa pagitan ng mga etnikong pangkat.

▣ **"pinagbawalan sila"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA KATAGA. Ito ay isang karaniwan termino sa Septuagint at sa NT. Ang Espiritu ay lubusang sangkot sa mga pagkilos at mga kapasyahan ng sinaunang iglesiya (cf. 2:4; 8:29,39; 10:19; 11:12,28; 15:28; 16:6,7; 21:4; Roma. 1:13). Ang makabagong iglesiya ay wala ng dinamikong ng sinaunang iglesiya.

▣ **"sa Asya"** Ito ay tumutukoy sa ang Romanong Lalawigan ng Asya Minor, na ang kanluranin dako ng makabagong Turkey.

**16:6,7 "ang Banal na Espiritu. . .Espiritu ni Hesus"** Pasa sa persona ng Espiritu, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2. Tingnan ang Natatanging Paksa sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: SI HESUS AT ANG ESPIRITU

Mayroong pagkakatulad sa gawain ng Espiritu at ang Anak. Si G. Campbell Morgan ay sinabing ang pinakamahusay na pangalan ng para sa Espiritu ay "ang ibang Hesus" (samakatuwid, sila ay natatanging, walang hanggang persona). Ang sumusunod ay isang balangkas ng paghahambing ng gawa at mga titulo ng Anak at Espiritu.

1. Ang Espiritu ay tinawag na "Espiritu ni Hesus" o sa mga katulad na pahayag (cf. Roma 8:9; II Corinto 3:17; Galacia 4:6; I Pedro 1:11).
2. Kapwa tinawag sa katulad na mga salita
   a. "katotohanan"
      1) Hesus (Juan 14:6)
      2) Espiritu (Juan 14:17; 16:13)
   b. "tagataguyod"
      1) Hesus (I Juan 2:1)
      2) Espiritu (Juan 14:16,26; 15:26; 16:7)
   c. "Banal"
      1) Hesus (Lucas 1:35; 4:34)
      2) Espiritu (Lucas 1:35)
3. Kapwa namamalagi sa mga mananampalataya
   a. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; Roma 8:10; II Corinto 13:5; Galacia 2:20; Efeso 3:17: Colosas 1:27)
   b. Espiritu (Juan 14:16-17; Roma 8:9,11; I Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
   c. Ama (Juan 14:23; II Corinto 6:16)

**16:7 "Misia"** Ito ay isang etnikong dako sa hilagang-kanluran ng Romanong Lalawigan ng Asya Minor. Ito ay bulubundukin na may maraming pangunahing Romanong daan. Ang pangunahin nitong mga lungsod ay Troas, Assos, at Pergamum.

▣ **"Bitinia"** Ang rehiyong ito ay nasa hilagang-kanluran din ng Asya Minor, hilagang silangang ng Mysia. Ito ay hindi isang Romanong Lalawigan sa panahon ni Lucas, ngunit isinama sa Pontus bilang isang pampulitikang yunit. Si Pedro

kinalaunan ay nag-e-banghelyo sa lugar na ito (cf. I Pedro 1:1). Matututo tayo mula kay Philo na maraming Hudyong mga kolonya sa lugar na ito.

**16:8 "pagkaraan nila sa Misia"** Sa kontekstong ito, ito ay kailangang mangahulugang "dadaan sa" o "palibot" (cf. BAGD 625). Tandaan, ang konteksto ang nagtatakda ng kahulugang at hindi ang mga lexicon/mga tala-hulugunan.

▣ **"Troas"** Ang lungsod na ito ay apat na milya mula sa sinaunang Troy. Ito ay itinatag halos 400 taong mas maaga at nanatiling isang malayang Griyegong lungsod hanggang ito naging isang Romanong kolonya. Ito ay ang karaniwang daungang ng paglisan mula sa Mysia sa Macedonia.

**16:9 "napakita ang isang pangitain sa gabi kay Pablo"** Pinangunahan ng Diyos si Pablo nang maraming beses sa pamamagitan ng higit sa karaniwan sa pamamagitan ng.

1. makinang na liwanag at tinig ni Hesus, 9:3-4
2. isang pangitain, 9:10
3. isang pangitain, 16:9,10
4. isang pangitain, 18:9
5. isang kawalan ng malay, 22:17
6. isang anghel ng Diyos 27:23

▣ **"isang lalaking taga Macedonia"** Kung paano nalaman ni Pablo na siya ay mula sa Macedonia ay di-tiyak. Maaaring ito ay dahil sa diin, mga kasuotan, mga palamuti, o payak na ipinahayag sa pangitain. Ang ilang mga taga-pagpaliwanag ay iniisip na ang taong ito ay si Lucas (cf. v. 10).

Ito ay isang pangunahing heograpikong kapasyahan. Ang ebanghelyo ay bumaling sa Europa!

▣ **"Tumawid ka. . . tulungan mo kami"** Ang unang ay isang AORIST NA TAHAS KATAGA, ginamit bilang isang PAUTOS, ang pangalawa ay isang AORIST NA TAHAS PAUTOS. Ang pangitain ay lubhang tiyak at malakas.

**16:10 "namin"** Ito ay ang unang pangyayari ng "naming" bahagi ng Mga Gawa. Ito ay tumutukoy sa pagsama kay Lucas sa pang-misyong pangkat nina Pablo, Silas, at Timoteo (cf. 16:10-17; 20:5-15; 21:1-18; 27:1-28:16). Ang ilang mga taga-pagpaliwanag ay may kaisipan na ang lalaking nakita ni Pablo sa v. 9 ay si Lucas, ang Hentil na manggagamot at may-akda ng Ebanghelyo at Mga Gawa.

▣ **"Macedonia"** Ang makabagong Grecia ay ay nahahati sa dalawang Romanong Lalawigan.

1. Acaya sa timog (Atenas, Corinto, Sparta)
2. Macedonia sa ang hilaga (Filipos, Tesalonica, Berea)

▣ **"pinatutunayan"** Ito ay ang terminong *sumbibazō*, na sa literal ay nangangahulugang dalhing magkasama o pag-isahin. Dito ito ay mayroong implikasyon na ang lahat nang nangyari ay sa pangunguna ng Diyos na pumunta sa Macedonia.

1. ang Espiritu ay hindi sila pinahintulutang mangaral sa Asya, cf. v. 6
2. ang Espiritu ay isinara ang Bythinia, cf. v 7
3. at ang pangitain ng v. 9

▣ **"tinawag ng Diyos"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang pamumuno ng Espiritu ay hindi para sa pagkaligtas, ngunit para sa pag-e-ebanghelyo. Ito ay palaging kalooban ng Diyos.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:11-15

**11 Pagtulak nga sa Troas, ay pinunta namin ang Samotracia, at nang kinabukasa'y ang Neapolis; 12 At mula doo'y ang Filipos, na isang bayan ng Macedonia, na siyang una sa purok, lupang nasasakupan ng Roma: at nangatira kaming ilang araw sa bayang yaon. 13 At nang araw ng sabbath ay nagsilabas kami sa labas ng pintuan sa tabi ng ilog, na doo'y sinapantaha naming may mapapanalanginan; at kami'y nangaupo, at nakipagsalitaan sa mga babaing nangagkatipon.
14 At isang babaing nagngangalang Lidia, na mangangalakal ng kayong kulay-ube, na taga bayan ng Tiatira, isang masipag sa kabanalan, ay nakinig sa amin: na binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso upang unawain ang mga bagay na sinalita ni Pablo. 15 At nang siya'y mabautismuhan na, at ang kaniyang mga kasangbahay, ay namanhik siya sa amin, na sinasabi, Kung inyong inaakalang ako'y tapat sa Panginoon, ay magsipasok kayo sa aking bahay, at kayo'y magsitira doon. At kami'y pinilit niya.**

**16:11 "pinunta namin"** Ito ay isa sa maraming paglalayag na mga terminong ginamit ni Lucas (cf. kab. 27). Sila ay kumuha ng isang tuloy-tuloy na barkong maglalayag na sasakyang-dagat, hindi isang baybaying sasakyang-dagat. Nalalaman ni Lucas nang

mabuti ang mga terminong o nakipanayam sa mga mandaragat.

▣ **"Samothracia"** Ito ay isang maliit na mabatong pulo na nagmula sa Dagat Aegeanona halos 5,000 na talampakan. Ito ay halos nasa kalagitnaan sa pagitan ng Troas at Filipos.

▣ **"Neapolis"** Ito sa literal ay "bagong bayan." Mayroong maraming mga lungsod sa Mediterrano na gantiong ang pangalan. Itong isa ay daungan sa Filipos, na halos 10 milya ang layo. Sa daungang ito, ang Ignatianong Daan, ang pangunahing Romanong daan na na nagdurugtong ng silalangang sa kanluran, ay nananatapos sa silangang palalakbay.

**16:12 "Filipos"** Ang Griyego ay PANGMARAMIHAN, ay maaaring pumapatungkol sa pagkakaisa ng maraming paninirahan sa isang nagkakaisang lungsod. Ito ay matatagpuan sa kilalang Romanong lansangan, ang Ignatianong Daan. Anglungsod na ito sa orihinal ay tinawag na Kreinides (mga balong). Si Felipe II ng Macedonia ay binihag ito dahil sa kanyang depositong ginto at ipinangalan ang kanyang sarili pagkatapos.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"isang bayan ng Macedonia, na siyang una sa purok"** |
| **NKJV** | **"ang pangunahing lungsod na bahagi ng Macedonia"** |
| **TEV** | **"isang lungsod sa unang distrito ng Macedonia"** |
| **NJB** | **"ang pangulong lungsod sa distritong iyon"** |

Ang pariralang ito ay lubhang di-tiyak. Ang mphipolis ay ang "nangungunang bayan ng Macedonia." Ang pakahulugan ni Lucas dito ay nagkaroon ng malaking pagtatalo. Ito ay maaring isang parangal na titulo ng kahalagahan.

▣ **"lupang nasasakupan ng Roma"** Noong 42 B.C., sina Octavian at Marcos Antonio ay natalo sina Cassio at Bruto malapit sa lungsod na ito. Upang maala-ala ang tagumpay na ito, ginawa ni Octavian ang Filipos na isang Romanong kolonya at namahinga na ang kanyang mga kawal dito. Noong 31 B.C., pagkatapos ng pagkatalo ni Antonio at Cleopatra sa Attium, Si Octavian ay palagian nang maraming kawal dito. Ang ibang Romanong kolonya na nabanggit sa NT ay Pisidian, Antioquia, Listra, Troas, Corinto, at Ptolema. Silang lahat ay may mga karapatan ng lungsod sa Italya:

1. sariling-pamahalaan
2. walang pagbubuwis
3. natatanging mga legal na pakinabang

Si Pablo ay kadalasang nangangaral at nagtatatag ng mga iglesiya sa mga Romanong kolonyang ito.

**16:13 "At nang araw ng sabbath"** Tila walang mga sinagoga sa Filipos. Tulad ng Romanong kolonya, ito ay maaaring walang sampung lalaking mga Hudyo sa bayan, na ang pinakamababang bilang na kailangang upang magkaroon ng isang sinagoga. Tila may ilang may takot sa Diyos o proselytes (cf. v. 14; 13:43; 17:4,17; 18:7). Maraming mga babae na naaakit sa moralidad at etika ng Judaismo.

▣ **"sa tabi ng ilog"** Ito ay tila naging isang karaniwan lugar ng pang-relihiyong pagsamba (cf. Josephus' *Antiquities of the Jews* 14.10.23).

▣ **"nangaupo"** Ito ay karaniwang pwesto sa rabinikal na pagtuturo, ngunit dito sa isang Romanong lungsod at, samakatuwid, ay maaaring ay walang kahalagahan. Ito ay isa sa mga detalyeng nasaksihan ni Lucas.

**16:14 "isang babaing nagngangalang Lidia na taga bayan ng Tiatira"** Ang Romanong lalawigan ng Macedonia ay mas maraming pagkakataon para sa mga babae kaysa kahit-anong ibang lugar sa unang siglong Mediterranong mundo. Si Lidia ay mula sa isang lungsod sa Asya Minor (cf. Pahayag 2:17ff). Ito ay kilala sa kanyang lilang pangkulay, na gawa mula sa mga kabibi ng molusko, na na lubhang kilala sa mga Romano. Mayroong isang sinagoga sa kanyang bayang sinilangan. Ang kanyang pangalan ay nagmula sa Lidia, ang sinaunang lalawigan, kung saan ang lungsod ay makikita. Siya ay hindi na nabanggit sa sa mga sulat ni Pablo, samakatuwid, siya ay maaaring namatay na.

▣ **"isang masipag sa kabanalan"** Ito ay tumutukoy sa mga may takot sa Diyos na naaakit sa Judaismo ngunit hindi pa nagiging lubusang nagbagong-buhay.

▣ **"binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso"** Ang Bibliya ay inilalarawan ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan bilang isang kasunduan. Ang Diyos palaging kinukuha ang pangunguna sa pagtatatag ng pakikipag-ugnayan at nagtatakda ng mga patakaran ng kasunduan (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:47). Ang kaligtasan ay isang kasunduang pakikipag-ugnayan. Hindi maaaring naligtas ang sinuman malibang na ang Diyos magpasimula nito (cf. Juan 6:44,65). Subalit, nagnanais ang Diyos na ang lahat ng tao maligtas (cf. Juan 3:16; 4:42; Tito 2:11; I Timoteo 2:4; 4:10; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14); samakatuwid, ang implikasyon ay ang Diyos, sa ilang antas (likas na kapahayagan, cf. Mga Awit 19:1-6 o natatanging

kapahayagan, cf. Mga Awit 19:7-14), ay hinaharap ang bawat tao sa kanilang kasalanan (cf. Romans 1-3) at Kanyang katangian.

Ang hiwaga ay kung bakit ang ilang ay tumugon at ang ilang ay hindi! Sa ganang akin hindi ko matatanggap na ang sagot ay ang pagpili ng Diyos sa ilan, ngunit hindi sa iba. Ang lahat mga tao ay nilalang sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) at ipinangako ng Diyos na tutubusin silang lahat sa Genesis 3:15.

Maaaring hindi lubhang mahalaga na maunawaan nating kung bakit, ngunit na matapat nating ipakilala ang ebanghelyo sa lahat at hayaan natin itong gumawa sa puso at isipan ng mga tagapakinig nito (cf. Mateo 13:1-23). Si Pablo ay nangaral kay Lidia at siya at kanyang sambahayan ay tumugon.

**16:15 "ang kaniyang mga kasangbahay ay mabautismuhan na"** Ito ay tila tumutukoy sa kanyang pamilya, mga alipin, at mga manggagawa (cf. Cornelio, Mga Gawa 10:2; 11:14; at ang tagabantay ng piitan sa Filipos, Mga Gawa 16:33). Gayundin, pansinin na siya, tulad ng iba sa NT, ay kagyat na nabautismuhan. Ito ay hindi isang opsyon! Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Bautismo at 2:38.

Ang teolohikong katanungan sa talatang ito ay, "Ang mga bata ba ay kasangkot sa ganitong mga halimbawa ng pagbaabagong-loob ng sambahayan sa Mga Gawa?" Kung totoo, ngayon ay may isang biblikal na alinsunuran para sa bautismo ng sanggol sa "mga naliligtas na pamilya." Silang mga nagbibigay-diin dito bilang katibayan ay tinitingnan ang kasanayan sa OT na kasama ang mga batas sa bansa ng Israel bilang mga sanggol (i.e., pagtutuli sa ika-8 araw, tingnan si James D. G. Dunn, pp. 175-176).

Bagaman ito ay tiyak na maaaring pananampalataya kay Kristo ay kaagad na nakaapekto sa buong pamilya (cf. Deuteronomio 5:9 at 7:9) sa ganitong panlipunang kalalagayan, ang katanungan ay nananatili, "Ito ba ay isang pandaigdigang katotohanan na ipinatutupad sa bawat kultura?" Nais kong ipahayag na ang NT ay isang kapahayagan patungkol sa pansariling kusang mga pagpili kaugnay sa kamulatang diwa ng kasalanan. Ang isa ay kailangang makilala ang kanyang pangangailangan para sa isang taga-pagligtas. Ito ay nagdudulot pa ng karagdagang katanungan na, "Ang mga tao ba ay ipinanganak na makasalanan kay Adan, o sila ay makasalanan nang pinilli nilang suwayin ang Diyos?" Ang Judaismo ay pinahihintulutan ang isang yugto ng kawalangmalay na kabataan hanggang isang kaunawaang ng Kautusan at isang pangako na iingatan ito; para sa mga lalaki, edad 13, para sa mga babae, edad 12. Ang mga rabbi ay hindi nagbibigay-diin sa Genesis 3 na gaya ng iglesiya.

Ang NT ay isang pangmatanang aklat. Ito ay nagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos para sa mga anak, ngunit ang mensahe nito ay ibinibigay sa mga may gulang! Subalit, tayo ay nabubuhay sa demokratikong , may pagtuon sa indibidwal na lipunan, ngunit ang Near East ay isang pang-tribu, pang-angkan, pampamilyang lipunan!

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na isang tunay na mananampalataya mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

▣ **"Kung inyong inaakalang ako'y tapat sa Panginoon"** Ang unang MAKADIWA ay isang GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Si Lidia ay nagpapahayag na siya ay isa na ngayong mananampalataya. Inaanyayahang niya ang mga misyonerong ito gamiting ang kanyang bahay at kayamanan para sa ang ebanghelyo. Ito ay sa sang-ayon sa mensahe ni Hesus sa pitumpu nang ipinadala Niya sila sa misyon (cf. Lucas 10:5-7).

▣ **"magsipasok kayo sa aking bahay, at kayo'y magsitira doon"** Si Lidia ay may mapilit na uri na personalidad, isang mangangalakal na babae! Ang unang PANDIWA ay isang AORIST NA TAHAS KATAGA, ginamit bilang isang PAUTOS; ang pangalawa ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:16-18

**[16]At nangyari, na nang kami'y nagsisiparoon sa mapapanalanginan, ay sinalubong kami ng isang dalagang may karumaldumal na espiritu ng panghuhula, at nagdadala ng maraming pakinabang sa kaniyang mga panginoon sa pamamagitan ng panghuhula. [17]Siya'y sumusunod kay Pablo at sa amin at nagsisigaw, na sinasabi, Mga alipin ng Kataastaasang Diyos ang mga taong ito, na nagsisipangaral sa inyo ng daan ng kaligtasan. [18]At maraming mga araw na ginawa niya ito. Datapuwa't palibhasa'y si Pablo ay totoong nababagabag, ay lumingon at sinabi sa espiritu, Iniuutos ko sa iyo sa pangalan ni Hesukristo na lumabas ka sa kaniya. At ito ay lumabas nang oras ding yaon.**

**16:16 "At nangyari"** Tila ito ay naganap noong pang araw, maaaring ang susunod na Sabbath. Ito ay isang pagkakataon pagtatagpo, ngunit ang Diyos ay lubusang kasangkot sa Kanyang mga layunin, na gaya nang sa bawat pangyayari, bawat personal na pagtatagpo, araw-araw!

▣ **"karumaldumal na espiritu ng panghuhula"** Mayroong dalawa mga terminong ginamit sa pangungusap na ito upang ilarawan ang aliping babaeng ito. Ang una, "panghuhula" (matatagpuan lamang dito sa NT) ay mayroong isang OT kaligiran, ngunit ginagamit iba't-ibang Griyegong mga terminong sa Septuagint (cf. Levitico 19:31; 20:6,27; Deuteronomio 18:11; I Samuel 28:3,7; II Mga Hari 21:6; I Cronica 10:13). Ito ay isang nalukuban ng demonyo na, sa pamamagitan ng mga awit, mga bulang, o ang pagpapaliwanag ng nangyayari sa kalikasan (i.e., paglipad ng mga ibon, mga ulap, nananatili sa isang inumang baso, atay ng

hayop, atbp.) ay maaaring makapanghula at, sa ilang antas, ay makaapekto sa hinaharap.

Sa Griyegong pangkulturang kalalagaya, ang termino ay *puthōn*, na nanggaling sa Griyegong mitolohiya kung saan isang higanteng serpente ay ay pinatay ni Apollo. Ang alamat na ito ay naging isang orakulong ritwal (i.e., Delphi), kung saan ang mga tao ay maaaring sumanggunit sa mga diyos. Ang lugar na ito ay kilala para sa kanyang mga ahas sa templo (i.e., mga sawa) nmaaaring gumapang sa mga tao na nakahiga sa templo at pinahihintulutan ang mga ahas na gumapang sa kanila sa layunin na malaman at maapektuhan ang hinaharap.

▣ **"sa pamamagitan ng panghuhula"** Ang terminong ito (PANGKASALUKUYANG TAHAS KATAGA, PAMBABAE, PANG-ISAHAN) ay ginamit lamang dito sa NT. Ang ugat na termino ay karaniwan sa Septuagint para sa "manghuhula, nakakakita nang hinaharap, propeta," ay kadalasan sa isang salungat na konteksto. Ito ay nangangahulugang isa na ngumangawa, sumakatuwid nagpapahiwatig ng madamdaming kawalang-malay na sinasamahan ng kanilang hula. Dito, ito ay nangangahulugang isa na naghuhula sa hinaharap para sa kumita. Ang kontekstwal at leksikong implikasyon ay ang babae ay pinanananahan ng isang di-malinis na espiritu.

**16:17 "Siya'y sumusunod kay Pablo. . . nagsisigaw"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS KATAGA at isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Siya ay nagpapatuloy sa pagsunod at sa follow at walang tigil sa pag-iyak (cf. v. 18).

▣ **"Mga alipin ng Kataastaasang Diyos ang mga taong ito"** Si Hesus ay hindi tatanggap ng patotoo ng demonyo (cf. Lucas 8:28; Marcos 1:24; 3:11; Mateo 8:29) at kahit na si Pablo dahil ito ay maaaring magdulot ng implikasyon ng pagtataguyod ng demonyo.

Ang terminong "Kataas-taasang Diyos" (cf. Marcos 5:7; Lucas 8:28) ay ginamit ni YHWH (i.e., *El*, *Elyon*) sa Genesis 14:18-19; II Samuel 22:14 (tingnan ang Natatanging Paksa sa1:6), ngunit ito ay din ginamit sa ng kulturang ito kay Zeus. Ang espiritung ito ay hindi nagbibigay ng patotoo na lumuluwalhati sa Diyos, ngunit sa ikinakabit ang ebanghelyo sa demonyo.

▣ **"na nagsisipangaral sa inyo ng daan ng kaligtasan"** Walang PANTUKOY na kasamang ang "daan" (cf. NRSV). Siya ay maaaring nagsasabi na sila ay isa sa maraming maraming paraan patungo sa Kataas-taasang Diyos. Ang demonyong ito ay hindi sinusubukang tumulong sa ministeryo ni Pablo. Ang layunin ng pahayag na ito ay

1. upang makilala si Pablo kasama ang panghuhula
2. upang ipakilala ang isang alternatibong daan, hindi <u>**ang**</u> daan ng kaligtasan (i.e., pananampalataya kay Kristo)

Ang NET Bible (p. 2022 #16) ay mayroong isang mabuti pagtalakay ng gramatikong mga isyu na kinapapalooba ng pagsasalin ng "ang daan" laban sa "isang daan." Minabuti nitong piliin ang "ang daan."

Ang tunay na isyu ay kung ano ang naunawaan ng unang siglong taga-Filipos. Sa kanilang pangkulturang kalalagayan, "ang Kataas-taasang Diyos" ay maaaring ang tinutukoy na *Zeus*, kaya ang presensya ng kawalan ng TIYAK NA PANTUKOY kasama ng "daan" ay hindi exegetical na isyu.

**16:18 "si Pablo ay totoong nababagabag"** Sa pagkakataong ito si Pablo kumilos, hindi dahil sa pag-ibig, ngunit dahil sa pagkayamot. Si Pablo ay tao din! Ang katulad nitong malakas na PANDIWA ay matatagpuan sa Septuagint sa Ecclesiates 10:9, kung saan ito ay nangangahulugang mahirap na trabaho. Sa NT ito ay ginamit lamang dito at sa 4:2. Ito ay nangangahulugan ng isang tao na lubusang napagod.

▣ **"sa espiritu"** Pansinin na si Pablo ay hindi nagpahayag sa aliping babae, ngunit sa demonyo na nanananahan at may kapangyarihan sa kanya. Ang pagpapaalis ng demonyo ni Pablo ay nag-aabang sa katulad na paraan gaya sa ibang pagpapaalis ng demonyo sa NT (i.e., sa pangalan ni Hesus). Tingnan ang ang Natatanging mga Paksa: Ang Demonyo at Pagpapalayas ng Demonyo sa 5:16.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:19-24

**19Datapuwa't nang makita ng kaniyang mga panginoon na wala na ang inaasahan nilang kapakinabangan, ay hinuli nila si Pablo at si Silas, at kinaladkad sila sa pamilihan, sa harapan ng mga may kapangyarihan, 20At nang maiharap na sila sa mga hukom, ay sinabi nila, Ang mga lalaking ito, palibhasa'y mga Hudyo, ay nagsisipanggulong totoo sa ating bayan, 21At nangaghahayag ng mga kaugaliang hindi matuwid nating tanggapin, o gawin, palibhasa tayo'y Romano. 22At samasamang nagsitindig ang karamihan laban sa kanila: at hinapak ng mga hukom ang kanilang mga damit, at ipinapalo sila ng mga panghampas. 23At nang sila'y mapalo na nila ng marami, ay ipinasok sila sa bilangguan, na ipinagtatagubilin sa tagapamahala na sila'y bantayang maigi: 24Na, nang tanggapin nito ang gayong tagubilin, ay ipinasok sila sa kaloob-looban ng bilangguan, at piniit ang kanilang mga paa sa mga pangawan.**

**16:19 "nang makita na wala na ang inaasahan nilang kapakinabangan"** Ang "panginoon" na ito ay walang pakialam sa isang tao na napalaya mula sa pagkaalipin sa kasamaan. Sila ay nabahala sa pagkawala ng salapi (cf. v. 16), na lubhang katulad ng tao sa Lucas 8:26-39.

▣ **“hinuli nila si Pablo at si Silas”** Kung bakit hindi hinuli sina Lucas at Timoteo ay di-tiyak.

**16:20 “mga hukom”** Ito ay ang terminong *praetors*. Ang kanilang opisyal na mga titulo ay *duumvirs,* ngunit natutunan natin mula kay Cicero na marami ang nagnaanais na tawaging *Praetors*. Si Lucas ay lubhang tiyak sa kanyang paggamit ng Romanong pampamahalaan titulo ng mga pinuno. Ito ay isa sa maraming mga katibayan ng kanyang pagkamakasaysayan.

**16: 20, 21 “palibhasa'y mga Hudyo. . . palibhasa tayo'y Romano”** Ito ay nagpapakita kanilang panlahing kayabangan at pagkiling. Ang panahon ni Pablo sa Filipos ay maaaring malapit sa kautusan ni Claudio na pagpapaalis sa mga Hudyo mula sa Roma, A.D. 49-50 (sa katunayan, ipinagbawal niya ang kahit-anong kasanayan ng pang-Hudyong pagsamba). Romanong anti-Semitismo ay maaaring makita kay Cicero’s *Pro Fiasco* 28 at *Javenal* 14.96-106.

▣ **“nangaghahayag ng mga kaugaliang hindi matuwid nating tanggapin, o gawin”** Pansining ang pagbibintang na ito ay walang kinalaman sa pagpapaalis ng demonyo sa aliping babae. Ito ay tila tumutukoy sa kanilang pangangaral ng ebanghelyo ni Hesukristo. Ang Judaismo ay isang legal na relihiyon sa Romanong Emperyo, ngunit habang ito naging maliwanag na ang Kristiyanismo ay nakalaan na makita bilang isang hiwalay at, samakatuwid, illegal na relihiyon. Ito ay ilegal para sa mga Hudyo na subukang hikayatin ang mga Romano, at ito ay ilegal din para kay Pablo.

**16:22 “hinapak ng mga hukom ang kanilang mga damit, at ipinapalo sila”** Ang mga makadiwang anyo ay nagpapahiwatig na ang dalawang *Praetors*, ay napilitan dahil sa kaguluhan ng mga tao, pinunit mismo nila ang mga damit nina Pablo at Silas (AORIST NA TAHAS KATAGA, MANGMARAMIHAN). Ito ay lubhang di-karaniwang para sa kanila na maging aktibong kalahok sa isang panghukumang pangyayari.

1. pinunit nila (AORIST NA TAHAS KATAGA)
2. inutos nila ang pagpalo (i.e., isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PAWATAS)

▣ **“ipinapalo sila ng mga panghampas”** Ang ganitong uri ng pagpaparusa (i.e., *verberatio*, na isinasagawa ng awtoridad ng isang hukumang panglungsod) ay ganoon kalubha tulad ng Romanong pagbugbog. Walang itinakdang bilang para sa pagpalo. Si Pablo ay pinalo ng ganito nang tatlong beses (cf. II Corinto 11:25). Ito ay lamang ang isang naitala (cf. I Thesalonica 2:2).

**16:24 “kalooblooban ng bilangguan”** Ito ay nangangahulugang napakabigat na seguridad. Mayroong isang nakakatakot na salit dito (cf. v. 29). Ang pagpapaalis ni Pablo ng demonyo ay kumuha ng kanilang pansin.

▣ **“mga paa sa mga pangawan”** Karamihan sa mga bilangguan sa panahong ito ay may mga tanikalang nakakabit sa mga pader kung saan ang nakakulong ay nakakadena. Samakatuwid, ang mga pinto ay nakatrangka lamang, hindi nakakandado. Ang mga tatangnan ay ibinubuka ang kanilang mga paa na magkalayo at nagdudulot ng malaking kahirapan at dagdag na seguridad.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:25-34

**25Datapuwa't nang maghahatinggabi na si Pablo at si Silas ay nagsipanalangin at nagsiawit ng mga himno sa Diyos, at sila'y pinakikinggan ng mga bilanggo; 26At kaginsaginsa'y nagkaroon ng isang malakas na lindol, ano pa't nangagsiuga ang mga patibayan ng bahay-bilangguan: at pagdaka'y nangabuksan ang lahat ng mga pinto; at nangakalas ang mga gapos ng bawa't isa. 27At ang tagapamahala, palibhasa'y nagising sa pagkakatulog at nang makitang bukas ang mga pinto ng bilangguan, ay binunot ang kaniyang tabak at magpapakamatay sana, sa pagaakalang nangakatakas na ang mga bilanggo. 28Datapuwa't sumigaw si Pablo ng malakas na tinig, na sinasabi, Huwag mong saktan ang iyong sarili: sapagka't nangaririto kaming lahat. 29At siya'y humingi ng mga ilaw at tumakbo sa loob, at, nanginginig sa takot, ay nagpatirapa sa harapan ni Pablo at ni Silas, 30At sila'y inilabas at sinabi, Mga ginoo, ano ang kinakailangan kong gawin upang maligtas? 31At kanilang sinabi, Manampalataya ka sa Panginoong Hesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sangbahayan. 32At sa kaniya'y sinalita nila ang salita ng Panginoon, pati sa lahat ng nangasa kaniyang bahay. 33At sila'y kaniyang kinuha nang oras ding yaon ng gabi, at hinugasan ang kanilang mga latay; at pagdaka'y binautismuhan, siya at ang buong sangbahayan niya. 34At sila'y kaniyang ipinanhik sa kaniyang bahay, at hinainan sila ng pagkain, at nagalak na totoo, pati ng buong sangbahayan niya, na nagsisampalataya sa Diyos.**

**16:25 “nang maghahatinggabi”** Sila ay maaaring hindi natutulog dahil sa sakit ng pagpalo at mga tatangnan.

▣ **“nagsipanalangin at nagsiawit ng mga himno sa Diyos”** Ito ay maaari na ang teolohikong nilalaman ng mga panalanging ito at mga himno ay nagduloy sa mga nakakulong na magtiwala kay Kristo (i.e., “ang mga nakakulong ay nakikinig sa kanila”) dahil wala sa mga nakakulong ang tumakas nang binuksan ng lindol ang mga pinto (cf. vv. 26,28, “lahat kami ay nandito”).

**"sila'y pinakikinggan ng mga bilanggo"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG, nagpapahiwatig na sila ay nagpapatuloy sa pakikinig kina Pablo at Silas. Ang PANDIWA *epakroaomai* ay isang di-karaniwang salitang sa NT at Septuagint. Ang gamit nito sa I Samuel 15:22 ay nangangahulugan isang napakasidhing pakikinig na may kagalakan. Ang mga napakadukhang mga nakakulong ay masigsaig na narinig at tumugon sa mensahe ng pag-ibig, pagkalinga at pagtanggap ng Diyos!

**16:26 "lindol"** Ito ay isang natural na pangyayari, ngunit may higit sa karaniwan layunin, panahon, at epekto (cf. Mateo 27:51,54; 28:2). Pinalaya ng Diyos si Pedro mula sa bilangguan sa pamamagitan ng isang anghel (cf. 4:31), ngunit dito isang pangyayari ang pinili na upang bigyan ng pagkakataon si Pablo isang pagkakataon na ipangaral ang ebanghelyo sa kapwa mga nakakulong at mga bantay-piitan.

**16:27 "tabak"** Ito ay maliit, dalawang-talim na espada na nakalagay sa sinturon, na may hugis tulad ng isang dila. Ito ay ang kasangkapan sa parusang kamatayan para sa mga mamamayan ng Roma. Kung isang bantay-piitan ay natakasan ng mga nakakulong, siya ang magdurusa ng kanilang kaparusahan (cf. 12:19).

**16:28** Ang pananampalataya nila Pablo at Silas at ang nilalaman ng kanilang mga panalangin at mga awit ay gumawa ng isang makapangyarihang epekto sa ibang nakakulong (Para sa akin, sila din ay naligtas)!

**16:29 "siya'y humingi ng mga ilaw"** Pansinin ang PANGMARAMIHAN. Mayroon pang ibang bantay-piitan.

**16:30 "Mga ginoo, ano ang kinakailangan kong gawin upang maligtas"** Ito ay naglalarawan ng pangsangkatauhang (1) pagkatako ng higit sa karaniwan at (2) paghahanap ng kapayapaan sa Diyos! Ninanais niya ang kapayapaan at kagalakan na taglay nina Pablo at Silas, kahit na ganitong may kinikilingan at masakit na pagkakataon. Pansinin ang taong ito, gaya ng karamihan, ay nalalaman na kailangang uri ng pagtugon ng tao (cf. Lucas 3:10,12,14; Mga Gawa 2:37; 22:10).

**16:31 "Manampalataya ka sa Panginoong Hesus"** Ang PANDIWA (AORIST NA TAHAS PAUTOS) *pisteuō* ay maaaring isalin "maniwala," "pananampalataya," o "magtiwala." Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 2:40, 3:16, at 6:5. Ito ay pangunahing isang kusang nagtitiwalang pagtugon (cf. 10:43). Pansinin din na ito ay pagtitiwala sa isang persona, hindi sa isang doktrina o isang teolohikong sistema. Ang taong ito ay walang pang Hudyong kaligiran (i.e., mga Ninevita sa Jonas). Ngunit ang mga kinakailangan para sa lubusang kaligtasan ay lubhang payak at magkakatulad din! Ito ay ang pinakamaikli ngunit malinaw na buod ng ebanghelyo sa NT (cf. 10:43). ang kanyang pagsisisi (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21) ay makikita pamamagitan ng kanyang mga pagkilos.

**"maliligtas ka, ikaw at ang iyong sangbahayan"** Sa ang sinaunang mundo ang relihiyon ng pinuno ng bahay ay ang relihiyon ng lahat ng mga miyembro nito (cf. 10:2; 11:14; 16:15; 18:8). Kung paaano ito kumikilos sa isang indibidwal na antas ay di-tiyak, ngunit ay tila ito ay kinapapalooban ng ilang antas ng personal na pananampalataya sa bawat indibidwal na bahagi. Sumunod na ipinangaral ni Pablo ang buong mensahe ng ebanghelyo mensahe sa bantay-piitan at kanyang sambahayan (cf. v. 32).

Sa pagkakataong ito, hindi lamang kanyang sambahayan ngunit kanyang piitan din!

**16:32 "ang salita ng Panginoon"** Mayroong isang pagkakaibang kinapapalooban ang pariralang ito.

1. "Ang salita ng Panginoon" ay sa MSS $P^{45,74}$, א$^{2}$, A, C, D, E. Ang UBS$^{4}$ binibigyan ito ng isang "B" antas (halos tiyak).
2. "Ang salita ng Diyos" ay sa MSS א$^{*}$, B

Sa konteksto, ang isyu ay kung sino ang tinutukoy na "Panginoon"?

1. Hesus, v. 31
2. YHWH (cf. vv. 25,34; 13:44,48; ito ay isang OT parirala cf. Genesis 15:14; I Samuel 15:10; Isaias 1:10; Jonas 1:1)

**16:33 "at pagdaka'y binautismuhan, siya at ang buong sangbahayan niya"** Ito ay nagpapakita ang kalagahan ng bautismo. Ang Mga Gawa ay binabanggit ito nang paulit-ulit. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang bautismo sa 2:38. Ginawa ito ni Hesus (cf. Lucas 3:21) at iniutos ito (cf. Mateo 28:19) at yan ang nagpanatili nito (cf. Mga Gawa 2:38). Ito rin ay sang-ayon sa ibang mga halimbawa sa Mga Gawa na ang bautismo ay kagyat na ginagawa pagkatapos ng kanilang pagpapahayag ng pananampalataya (cf. Mga Gawa 10:47-48). Sa isang kaunawaan ito ay kanilang nakikita at pasalitang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo (i.e., Roma. 10:9-13).

**16:34 "nagalak na totoo, pati ng buong sangbahayan niya, na nagsisampalataya sa Diyos"** Ang dalawang MGA PANDIWA ay PANG-ISAHAN na tumutukoy sa bantay-piitan. Subalit, ang PANG-ABAY NA PARIRALA ay nagpapahiwatig na ang pagkakasama ng pinahabang pamilya at mga alipin ng lalaki.

Ang PANDIWA, "nanampalataya" ay isang GANAP NA TAHAS KATAGA, na nagpapahiwatig ng isang palagiang kalagayan. Pansinin ang pagbabago sa PANAHUNAN mula sa v. 31.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:35-40**

**[35]Datapuwa't nang umaga na, ang mga hukom ay nangagsugo ng mga sarhento, na nagsasabi, Pawalan mo ang mga taong iyan. [36]At iniulat ng tagapamahala kay Pablo ang mga salitang ito, na sinasabi, Ipinagutos ng mga hukom na kayo'y pawalan: ngayon nga'y magsilabas kayo, at magsiyaon kayong payapa. [37]Datapuwa't sinabi sa kanila ni Pablo, Pinalo nila kami sa hayag, na hindi nangahatulan, bagama't mga lalaking Romano, at kami'y ibinilanggo; at ngayo'y lihim na kami'y pinawawalan nila? tunay na hindi nga; kundi sila rin ang magsiparito at kami'y pawalan. [38]At iniulat ng mga sarhento ang mga salitang ito sa mga hukom: at sila'y nangatakot nang kanilang marinig na sila'y mga Romano; [39]At sila'y nagsiparoon at pinamanhikan sila; at nang kanilang mailabas na sila, ay hiniling nila sa kanila na magsilabas sa bayan. [40]At sila'y nagsilabas sa bilangguan, at nagsipasok sa bahay ni Lidia: at nang makita nila ang mga kapatid, ay kanilang inaliw sila, at nagsialis.**

**16:35 "sarhento"** Ito sa literal ay "tagapagdala ng pamalo" (*hrabdouchosta lictor*). Ito ay tumutukoy sa kanilang kasama sa pampamunuang disiplina (cf. v. 20). Ang Italyanong "fascist" na partido ay kinuha ang kanilang pangalan mula sa terminong ito. Isang bungkos ng mga pamalo (mula sa Lating *fasces*) ay ang simbolo ng pampulitikang awtoridad.

**16:37 "mga lalaking Romano"** Ang Filipos ay isang Romanong kolonya na mayroong maraming dagdag na legal na karapatan na maaaring mamiligro sa Roma kung ang di-makatarungang pagtrato sa mga mamamayan ng Roma ay maiulat. Ang pagpalo sa mga mamamaya ng Roman ay isang malubhang paglabag ng kanilang kolonyang legal na antas (cf. v. 39; tingana si Livy, "*History*" 10.9.4 o Cicero, "*Pro Rabirio* 4.12-13).

**16:39** Ang layunin ng pagtutol ni Pablo ay maaaring upang kanlungin ang baguhang iglesiya sa Filipos at upang matamo ang isang tiyak kinikilalang kalagayan para sa kanila. Ang mga pinuno, sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos, ay ipinapahiwatig na ang pangangaral ng ebanghelyo ay hindi ilegal! Ang pintuan ay bukas para sa mga panghinaharap na ebandyelikong pagsisikap sa Filipos.

**16:40 "at nagsialis"** Si Lucas ay tila naiwan. Patuloy natin siyang natatagpuan sa 20:5-6.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang Banal na Espiritu tinawag na ang Espiritu ni Hesus?
2. Bakit pinahintulutan ng Diyos na makaranas nang malubhang tunggalian at pag-uusig ang mga misyonero?
3. Bakit hindi tinanggap ni Pablo ang patotoo ng aliping babae?
4. Itala ang mga taong naligtas sa Filipos.
5. Bakit sina Pablo at Silas lamang ang nakulong?
6. Bakit hindi tumakas ang ibang mga nakulong?
7. Itala ang mga sangkap ng kaligtasan sa kabanatang ito. Sila ba ay naiiba mula sa kanilang nasa ibang mga kabanata sa Mga Gawa?
8. Ang bantay-piitan ba ay may kahit-anong kaligiran sa Judaismo o Kristiyanismo?
9. Ano ang ibig-sabihin ng "ang kanyang sambahayan ay naligtas"?
10. Bakit pinaghingi ng tawad sa personal ni Pablo ang mga pinuno ng lungsod?

# MGA GAWA 17

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kaguluhan sa Tesalonica | Pangangaral kay Kristo sa Tesalonica | Mula sa Tesalonica patungo sa Atenas | Sa Tesalonica | Tesalonica: Kabigatan sa mga Hudyo |
| 17:1-9 | 17:1-4 | 17:1-9 | 17:1-4 | 17:1-4 |
| | Pagsalakay sa Bahay ni Jason | | | |
| | 17:5-9 | | 17:5-9 | 17:5-9 |
| Ang mga Apostol sa Berea | Paglilingkod sa Berea | | Sa Berea | Sariwang Kabigatan sa Berea |
| 17:10-15 | 17:10-15 | 17:10-15 | 17:10-15 | 17:10-12 |
| | | | | 17:13-15 |
| Si Pablo sa Atenas | Ang mga Pilosopo sa Atenas | Si Pablo sa Atenas | Sa Atenas | Si Pablo sa Atenas |
| 17:16-21 | 17:16-21 | 17:16-21 | 17:16-21 | 17:16-18 |
| | Pagpapahayag sa Areopagus | | | 17:19-21 |
| 17:22-28a | 17:22-34 | 17:22-31 | 17:22-31 | 17:22a |
| | | | | Pahayag ni Pablo sa Konseho ng mga Areopagano |
| | | | | 17:22b-23 |
| | | | | 17:24-28 |
| 17:28b-31 | | | | |
| | | | | 17:29 |
| | | | | 17:30-31 |
| 17:32-34 | | 17:32-34 | 17:32-34 | 17:32-34 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

Maikling Balangkas ng Mensahe ni Pablo sa mga Intelektwal na mga Griyego sa Atenas (17:15-34). Ito ay katulad sa Mga Gawa 14:15-18.

A. Mayroong isang Diyos, naglalang ng langit (espiritu) at mundo (bagay)
   1. kung saan sila ay walang-alam
   2. na hindi nanananahan sa mga templo ng tao o mga diyus-diyusan
   3. na hindi nangangailangan ng kahit-ano mula sa sangkatauhan
   4. na taning pinagmulang ng tunay na buhay

B. Siya ay makapangyariahan sa lahat ng pantaong kasaysayan
   1. ginawa ang lahat mga bansa mula sa isa tao
   2. nagtatakda ng mga hangganan ng mga bansa

C. Siya ay mayroong inilagak sa mga tao ng pagnanais na makilala Siya, at Siya ay mahirap nahanap

D. Ang kasalanan ay naghiwalay sa atin mula sa Kanya
   1. hindi niya pinansin ang mga kasalanan sa panahon ng kamangmangan
   2. kailangan tayong magsisi

E. Hahatulan Niya ang Kanyang nilikha
   1. mayroong nakatakdang araw para sa kahatulan
   2. ang kahatulan ay magaganap sa pamamagitan ng Mesias
   3. ang Mesias na ito ay binuhay mula sa mga patay upang patunayan ang Kanyang persona at gawain

## Ang Lungsod ng Tesalonica

A. Maikling Kasaysayan ng Tesalonica
   1. Ang Tesalonica ay matatagpuan sa ulo ng Gulpo ng Termaiko. Ang Tesalonica ay isang baybaying bayan sa Via Ignatia (ang daan ng mga bansa) ang pangunahing Romanong lansangan, na tumatakbo pasilangan mula sa Roma. Isang daungan, ito ay rin ay napakalapit sa isang mayaman, maraming tubig, baybaying kapatagan. Ang tatlong mga kalamangang ito ay ginawa ang Tesalonica na pinakamalaki, pinakamahalagang pangkalakalan at pampulitikang sentro sa Macedonia.
   2. Ang Tesalonica sa orihinal ay nagngangalang Therma, na nagmula sa mainit na mga batis na matatagpuan sa lugar na ito. Isang sinaunang mananalaysay, si Plinyo ang Matanda, ay tumutukoy sa Therma at Tesalonica umiiral nang magkasama. Kung ganito ang kalagayan, ang Tesalonica ay payak na pinalilibutan ang Therma at idinagdag lamang ito (Leon Morris, *The First and Second Epistles of the Thessalonians*, Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Company, 1991, p. 11). Ngunit karamihan ng mga mananalaysay ay naniniwalang si Cassandro, isa sa mga heneral ni Alejandrong Dakila, muling binigyan-pangala ang Therma noong 315 B.C. mula sa anak ng babae ni Felipe ng Macedonia at anak sa ina ni Alejandro at kanyang asawa, si Tesalonica (Strabo VII Fragment 21). Minsan sa panahon ng sinaunang mga siglo ng paglaganap ng Kristiyanismo, ang Tesalonica ay binigyan ng palayaw na "ang orthodox na lungsod" dahil sa kanyang Kristyanong katangian (Dean Farrar, *The Life and Work of St. Paul*, New York: Cassell and Company, Limited, 1904, p. 364). Ngayon, angTesalonica ay kilala bilang Salonika at ito ay patuloy na naging mahalagang lungsod sa Grecia.
   3. Tesalonica ay isang kosmopolitong mahalagang lungsod katulad sa Corinto, na pinanananahan ng mga tao mula sa lahat ng panig ng kilalang mundo.
      a. Ang barbarong mala-Alemang tao mula sa hilaga na naninirahan dito, ay dinala ang kanilang paganong relihiyon at kultura.
      b. Ang mga Griyego ay naninirahan dito, na nagmula sa Acaya sa timog at mula sa mga pulo sa Dagat Aegeano, sa ganang kanila, ay nagdala ng nilang kahusayan at pilosopiya.
      c. Ang mga Romano na nagmula sa kanluran ay palagian ding nandito. Ang karamihan sa kanila ay mga retiradong sundalo at kanilang dinala ang kanilang lakas ng kapasyahan, kayamanan, at pampulitikang kapangyarihan.
      d. Sa huli, ang mga Hudyo ay dumating sa maraming bilang mula sa silangan; kinalaunan isang-katlo ng populasyon sa Hudyo. Dinala nila ang kanilang etikong monoteistikong pananampalataya at kanilang mga pambasang pagkiling.
   4. Ang Tesalonica, na may populasyon na halos 200,000, ay tunay na isang kosmopolitong lungsod. Ito ay isang pasyalan at pangkalusugang sentro dahil sa mga maiinit na batis. Ito ay isang pangkalakalan sentro dahil sa kanyang daungan, matabang kapatagan at ang kalapitan sa Daang Ignatio.

5. Bilang kabisera at pinakamalaking lungsod, ang Tesalonica ay sentro din ng pampulitikang punong himpilan ng Macedonia. Bilang isang Romanong panglalawigang kabisera at tahanan ng maraming Romanong mga mamamayan (karamihan ay mga retiradong sundalo), ito naging isang malayang lungsod. Ang Tesalonica ay walang binabayad na pagkilala at pinamamahalaan ng Batas ng Roma, buhat noong karamihan ng mga taga-Tesalonica ay Romanong mga mamamayan. Samakatuwid ang pinunong nasa Tesalonica ay tinawag na "politarchs." Ang titulong ito ay hindi makikita saan man sa panitikan, ngunit ito ay naingatan ng isang inskripsyon sa arko ng tagumpay sa Tesalonica na kilala bilang ang Vardar Gate (Farrar, p. 371n.).

B. Mga pangayayari na na Naghatid sa Pagdating ni Pablo sa Tesalonica
   1. Maraming mga pangyayari ang naghatid kay Pablo sa Tesalonica, ngunit sa likod ng lahat ng pisikal na mga pangyayari ay ang tuwiran, tiyak na panawagan ng Diyos. Si Pablo ay walang orihinal na plano na pumasok sa kontinente ng Europa. Ang kanyang naisin sa pangalawang pang-misyong paglalakbay ay muling dalawin ang mga iglesiya sa Asya Minor sa kaniyang itinatag sa kanyang unang paglalakbay at pagkatapos tutungo pasilangan. Ngunit, nang dumating na ang pagkakataon ng tumungo sa hilagang-silangan, and Diyos ay nasimulang magsara ng mga pintuan. Ang kinahantungan nito ay ang pangitain ni Pablo sa Macedonia (cf. Mga Gawa 16:6-10). Ito ay nagbunga ng dalawang bagay na naganap: unang, ang kontinente ng Europa ay naipangaral ang ebanghelyo at pangalawa, si Pablo, dahil sa mga pangyayari sa Macedonia, ay nagsimulang mag-akda ng kanyang mga Sulat (Thomas Carter, *Life and Letters of Paul*, Nashville: Cokesbury Press, 1921, p. 112).
   2. Mga pisikal na pangyayari na naghatid kay Pablo sa Tesalonica
      a. Si Pablo ay pumunta Filipos, isang maliit na bayan na walang sinagoga. Ang kanyang gawain doon ay hinahadlangan ng mga amo ng isang "pang-propesiyang," aliping babae na nasapian ang demonyo at ang konseho ng bayan. Si Pablo ay pinalo at hinamak, ngunit isang iglesiya ang naitatag. Dahil sa pagsalungat at pisikal na pagpaparusa, si Pablo ay napilitang umalis, na maaaring mas maaag kaysa sa kanyang hinahangad.
      b. Saan siya pupunta mula dito? Siya ay dumaan ng Amphipolis at Apollonia, na wala ding sinagoga.
      c. Siya ay dumating sa pinakamalaking lungsod sa lugar, Tesalonica, na mayroong isang sinagoga. Ginawa ito ni Pablo na isang huwaran na magtungo sa lokal na mga Hudyo muna. Ginawa niya ito dahil
         (1) sa kanilang kaalaman sa Lumang Tipan;
         (2) sa pagkakataon para sa pagtuturo at pangangaral na ipinapakilala ng sinagoga;
         (3) sakanilang kalalagayan bilang piniling bayan, kasunduang bayan ng Diyos (cf. Mateo 10:6; 15:24; Roma. 1:16-17; 9-11);
         (4) si Hesus mismo ay inalok ang Kanyang sarili sa kanila, at pagkatapos sa mundo—gayundin, si Pablo ay susunod sa halimbawa ni Kristo.

## Pablo's Companions

A. Si Pablo ay sinamahan nina Silas at Timoteo sa Tesalonica. Si Lucas ay kasama ni Pablo saFilipos at siya ay nanatili dito. Nalaman natin na ito na sa pamamagitan "tayo" at "sila" ng mga talata sa Mga Gawa 16 at 17. Nagpapahaya si Lucas ng "tayo" at Filipos, ngunit ng "sila" sa pagpunta sa Tesalonica.

B. Silas, o Silvanus, ay ang taong pinili ni Pablo na sumama sa kanya sa pangalawang pang-misyong paglalakbay pagkatapos ng sina Bernabe at Juan Marcos bumalik sa Chipre
   1. Siya ay unang na nabanggit sa Bibliya sa Mga Gawa 15:22, kung saan siya ay tinawag na isang pinuno sa mga kapatiran ng Iglesiya sa Herusalem.
   2. Siya ay din isang propeta (cf. Mga Gawa 15:32).
   3. Siya ay isang Romanong mamamayan tulad ni Pablo (cf. Mga Gawa 16:37).
   4. Siya at si Judas Barsabas ay nagtungo Antioquia sa pamamagitan ng Iglesiya sa Herusalem upang suriin ang kalagayan (cf. Mga Gawa 15:22,30-35).
   5. Pinapurihan siya ni Pablo sa II Corinto 1:19 at binabanggit siya sa maraming mga sulat.
   6. Sa huli, siya ay kinilala kasama ni Pedro sa pagsulat ng I Pedro (cf. I Pedro 5:12).
   7. Kapwa sina Pablo at Pedro ay tinatawag siyang Silvanus habang si Lucas ay tinatawag siyang Silas.

C. Si Timoteo ay isa ding kasamahan at kamanggagawa ni Pablo
   1. Nakilala siya ni Pablo sa Listra, kung saan siya ay naligtas sa unang pang-misyong paglalakbay.
   2. Si Timoteo ay kalahating Griyego (ama) at kalahating Hudyong (ina). Nais ni Pablo na gamitin siya sa gawain ng pag-e-ebanghelyo sa mga Hentil.
   3. Tinuli siya ni Pablo upang siya ay maaaring maglingkod sa mga Hudyo.
   4. Si Timoteo ay nabanggit sa pagbati sa: II Corinto, Colosas, I at II Tesalonica at Filemon.
   5. Si Pablo ay nangusap sa kanya bilang "aking anak sa ang ministeryo" (cf. I Timoteo 1:2; II Timoteo 1:2; Tito 1:4).
   6. Ang pangkalahatang tono si Pablo sa lahat ng dako ng kanyang mga liham ay nagpapahiwatig na si Timoteo ay

mas bata at mahiyain. Ngunit si Pablo ay mayroong malaking pananalig at pagtitiwala sa kaniya (cf. Mga Gawa 19:27; I Corinto 4:17; Filipos 2:19).

D. Nararapat lamang sa bahaging ito na banggitin mga nakasama ni Pablo na nanggaling sa Tesalonica at sinamahan si Pablo sa kanyang mga susunod na misyon. Sila ay si Aristarco (Mga Gawa 19:29; 20:4; 27:2) at Secundo (Mga Gawa 20:4). Gayundin, si Demas ay maaaring nagmula sa Tesalonica (Filemon 24; II Timoteo 4:10).

## Ang Ministeryo ni Pablo sa Lungsod

A. Ang ministeryo ni Pablo sa Tesalonica ay alinsunod sa kanyang kadalasang huwaran pagpunta sa mga Hudyo muna at pagkatapos ay pupunta sa mga Hentil. Si Pablo ay nangaral sa sinagoga sa tatlong Sabbath. Ang kanyang mensahe ay "si Hesus ay ang Mesias." Ginamit niya ang Lumang Tipan na Banal na Kasulatan upang ipakita na ang Mesias ay ang isang naghihirap na Mesias (cf. Genesis 3:15; Isaias 53), at hindi isang pampulitikang temporal na Mesias. Si Pablo ay nagbibigay-diin din sa muling pagkabuhay at inalok ang kaligtasan sa lahat. Si Hesus ay maliwanag na ipinakikilala bilang ang Mesias na ipinangako ng una na maaaring magligtas sa lahat ng tao.

B. Ang tugon sa mensaheng ito ay ilang mga Hudyo, maraming tapat na mga Hentil, at maraming mahalagang mga babae ang tumanggap kay Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon. Isang pagsusuri ng mga pangkat na ito ng mga naligtas ay napakamakahulugan sa pag-unawa ng mga huling sulat ni Pablo sa iglesiyang ito.

C. Ang mga Hentil ay ang bumubuo ng mga miyembro ng iglesiya, na makikita sa kawalan ng mga pagkabanggit sa OT sa kahit saan sa mga sulat. Ang mga Hentil ay handang tanggapin si Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon para sa maraming mga layunin.
   1. Ang kanilang tradisyonal na mga relihiyon ay walang kapangyarihan na pamahiin. Ang Tesalonica ay matatagpuan sa paanan ng Bundok Olympus at malalamang ng lahat na ang kaitaasan nito ay walang saysay.
   2. Ang ebanghelyo ay walang-bayad para sa lahat.
   3. Ang Kristiyanismo ay naglalaman ng hindi pang-Hudyo lamang na pagkamakabayan. Ang Hudyong relihiyon ay umakit ng marami dahil sa kanyang monoteismo at sa kanyang mataas na moralidad, ngunit ito rin ay kinasuklaman ng marami dahil sa kanyang nakakasuklam na mga seremonya (tulad ng pagtutuli), at kanyang minanang panlipi at pambansang mga pagkiling.

D. Maraming "mga pinunong babae" ang tumanggap sa Kristiyanismo dahil sa mga kakayahan ng mga babaeng ito na gumawa ng kanilang sariling pang-relihiyong pagpili. Mas malaya ang mga kababaihan sa Macedonia at Asya Minor kaysa sa nalalabing bahagi ng Greco-Romanong mundo (Sir Wm. M. Ramsay, *St. Paul the Traveler and Roman Citizen*, New York: G. P. Putnam's Sons, 1896, p. 227). Ngunit ang mas mahihirap na uri ng mga babae, kahit na malaya, ay nagpapatuloy sa ilalim ng ugoy ng pamahiin at pagsamba sa maraming diyus-diyosan (Ramsay, p. 229).

E. Maraming ang matatagpuan suliranin sa haba ng panahon na inilagi ni Pablo sa Tesalonica:
   1. Ang Mga Gawa 17:2 ay nagpapahayag ng pangangatuwiran ni Pablo sa sinagoga sa tatlong Sabbath habang na sa Tesalonica.
   2. Ang I Thesalonica 2:7-11 ay nagsasabi ng hanapbuhay ni Pablo at kanyang kalakal. Ito ay paggawa ng tolda o ang ilan ay nagmumungkahing hanapbuhay sa mga balat.
   3. Ang Filipos 4:16 ay tinataguyod ang mas mahabang paninirahan, nang si Pablo ay tumanggap sa di kukulang sa dalawa ng pansalaping mga kaloob mula sa iglesiya sa Filipos habang nasa Tesalonica. Ang layo sa pagitan ng dalawang lungsod ay halos 100 milya. Ang ilang ay nagmumungkahi na si Pablo ay nanatili ng halos dalawa o tatlong buwan at ang tatlong Sabbath tumutukoy lamang sa ministeryo sa ang mga Hudyo (Shepard, p. 165).
   4. Ang mga magkakaibang salaysay ng mga naligtas sa Mga Gawa 17:4 at I Thesalonica 1:9 at 2:4 ay nagtataguyod ng ganitong pananaw, ang susing kaibahan ng mga salaysay ay ang pagtanggi sa mga diyus-diyusan ng mga Hentil. Ang mga Hentil sa Mga Gawa ay mga Hudyong nagbago na ng paniniwala at tumalikod na mula sa mga diyus-diyusan. Ang konteksto ay nagpapahiwatig na si Pablo ay maaaring may isang mas malaking ministeryo sa mga paganong Hentil kaysa sa mga Hudyo.
   5. Kung kailan naging mas malaki ang ministeryo na maaaring nangyari ay di-tiyak dahil si Pablo palaging nagtutungo sa mga Hudyo muna. Matapos na tanggiha ang kanyang mensahe, siya ay tumutungo sa mga Hentil. Kapag sila ay tumugon sa ebanghelyo sa malaking bilang, ang mga Hudyo ay naninibugo at nagsimula ng kaguluhan sa magugulong pulutong ng tao sa lungsod.

F. Dahil ng isang kaguluhan, nilisan ni Pablo ang bahay ni Jason at nagtago kasama sina Timoteo at Silas, o kahit papaano sila ay hindi nandoon nang ang maraming tao ay lumusob sa bahay ni Jason upang hanapin sil. Ang mga Politarch ay inutusan si Jason na bumili ng isang garantiya ng geguridad upang matiyak ang kapayapaan. Nagdulot ito kay Pablo

upang lisanin ang lungsod nang gabi at pumunta sa Berea. Gayunpaman, ang iglesiya nagpatuloy sa kanyang pagsasaksi kay Kristo sa mukha ng maraming pagtutuol.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:1-9

**[1]Pagkatahak nga nila sa Amfipolis at sa Apolonia, ay nagsirating sila sa Tesalonica, na kinaroroonan ng isang sinagoga ng mga Hudyo. [2]At si Pablo, ayon sa ugali niya ay pumasok sa kanila, at sa tatlong sabbath ay nangatuwiran sa kanila sa mga kasulatan, [3]Na binubuksan at pinatunayan na kinakailangang si Kristo ay maghirap, at muling mabuhay sa mga patay; at itong si Hesus, aniya, na aking ipinangangaral sa inyo, ay siyang Kristo. [4]At nangahikayat ang ilan sa kanila, at nakikampi kay Pablo at kay Silas; at gayon din ang lubhang maraming mga Griegong masisipag sa kabanalan, at hindi kakaunting mga babaing mararangal. [5]Datapuwa't ang mga Hudyo, palibhasa'y nangaudyokan ng inggit, ay nangagsama ng ilang masasamang tao sa pamilihan, at pagkatipon ng isang karamihan, ay ginulo ang bayan; at pagkalusob sa bahay ni Jason, ay pinagsikapan nilang sila'y iharap sa mga tao. [6]At nang hindi sila mangasumpungan, ay kanilang kinaladkad si Jason at ang ilang kapatid sa harap ng mga punong bayan, na ipinagsisigawan, Itong mga nagsisipagtiwarik ng sanglibutan, ay nagsiparito rin naman; [7]Na tinanggap sila ni Jason: at ang lahat ng mga ito ay nagsisigawa ng laban sa mga utos ni Cesar, na nagsasabing may ibang hari, si Hesus. [8]At kanilang ginulo ang karamihan at ang mga punong bayan, nang kanilang marinig ang mga bagay na ito. [9]At nang matanggap na nila ang pinakaako kay Jason at sa mga iba, ay kanilang pinawalan sila.**

**17:1 "sa Amfipolis at sa Apolonia"** Ang dalawang mga lungsod na ito ay matatagpuan sa Romanong lansangan, Ignatianong Daan (i.e., ang Daan ng mga Bansa), isang pangunahing silangan-kanlurang daan na lagpas sa 500 milya, na nag-uugnay sa silanganin at kanluraning bahagin ng emperyo at binubuo nito ang pangunahing lansangan ng Tesalonica.

▣ **"Tesalonica"** Tingnan ang Panimula sa kabanatang ito.

▣ **"na kinaroroonan ng isang sinagoga"** Ang huwaran at pagkakasunod-sunod na ito ni Pablo para sa pamamahayag (cf. v. 2; 3:26; 13:46; Roma. 1:16; 2:9,10; Mga Gawa 9:20; 13:5,14; 14:1; 17:2,10,17; 18:4,19; 19:8), ay maaaring dahil naramdaman niya na ang ebanghelyo ay para sa ang mga Hudyo muna (cf. Roma. 1:16) dahil sa OT propesiya. Gayundin, maraming mga may takot sa Diyos ang dumalo, nalalaman, at gumagalang sa Lumang Tipan.

**17:2 "sa tatlong sabbath"** Ito ay nangangahulugang siya nagsalita sa sinagogang ito nang tatlong Sabbath lamang. Siya ay maaaring nasa lungsod nang mas mahaba kaysa tatlong linggo (cf. Filipos 4:16), ngunit hindi para sa isang pinahabang yugto.

▣ **"nangatuwiran sa kanila sa mga kasulatan"** Iniakma ni Pablo ang pang-Mesias na mga propesiya sa buhay, katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus. Kinuha niyang huwaran si Esteban (Mga Gawa 7) at kanyang rabinikal na pagsasanay.

**17:3**
**NASB "binubuksan at pinatunayan"**
**NKJV "pagpapaliwanag at pagpapatotoo"**
**NRSV, NJB "pagpapaliwanag at pagpapatunay"**
**TEV "ipinapaliwanag ang Kasulatan, at pagpapatunay mula sa kanila"**

Ang unang salita ay *dianoigō*, na ginamit ni Hesus sa pagbubukas ng Banal na Kasulatan para sa ang dalawa na nasa daan papuntang Emmaus (cf. Lucas 24:32,45). Ito ay din ginamit ni Hesus sa pagbubukas ng kanilang mga mata upang pakilala nila Siya (cf. Lucas 24:31). Ito ay katulad na salitang ginamit sa 16:14 para sa pagbubukas ng Diyos sa puso ni Lidia upang maunawaan ang ebanghelyo.

Ang pangalawang termino, *paratithēmi*, ay kadalasang ginamit sa mga sulat ni Lucas para sa paglalagay ng pagkain sa harapan ng isang tao, ngunit dito ito ay nagpapahiwatig ng "ilalagay sa una ang katotohanan " o "magpuri" (cf. 14:23; 20:32). Dalawang beses sa Lucas (cf. 12:48; 23:46) ito ginamit sa pagkakatiwala ng isang bagay sa iba pa. Maingat at maselan na ibinigay ni Pablo sa mga tagapakinig ng ebanghelyo (i.e., paglagak, *parathēkē,* I Timoteo 6:20; II Timoteo 1:12,14). Ang ilan ay tumugon (ilang mga Hudyo, ilang mga may takot sa Diyos, at maraming mga pinunong babae).

▣ **"kinakailangang si Kristo ay maghirap"** Ang termino "nagkaroon" (*dei*) ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG, na nangangahulugan ng pangangailangan (tingnan ang buong tala sa 1:16). Isang nagdurusang Mesias ay hinulaan sa OT (cf. Genesis 3:15; Mga Awit 22; Isaias 52:13-53:12; Zacarias 12:10), ngunit di kailanman maliwanag na nakita sa pamamagitan ng mga rabbi. Ito ay maigting na binigyang-diin ng mga Apostolikong mangangaral (cf. Lucas 24:46; Mga Gawa 3:18; 26:23; I Pedro 1:10-12). Ang katotohanang ito ay pangunahing katitisurang-bayo sa ang mga Hudyo (cf. I Corinto 1:22-23). Tingnan ang tala sa 3:18.

▣ **"at muling mabuhay sa mga patay"** Ito ay isang karaniwan sangkap sa lahat ng mga pangangaral nina Pedro, Esteban, at Pablo sa Mga Gawa (bahagi ng kerygma, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14). Ito ay isang pangunahing haligi ng ebanghelyo (cf. I Corinto 15).

▣ **"itong si Hesus na aking ipinangangaral sa inyo, ay siyang Kristo"** Mayroong maraming mga pagkakaiba sa Griyegong mga kasulatan ng ang huling mga salita ng pangungusap na ito.

1. "ang Kristo, ang Hesus" – MS B
2. "ang Kristo, Hesus" – ilang Vulgata at ang Coptic na mga salin
3. "Kristo Hesus" – MSS $P^{74}$, A, D
4. "Hesukristo" – MS א
5. "Hesus ang Kristo" – MS E at Bohairikong Coptic na salin
6. "ang Kristo" – ang Georgeanong salin

Maraming mga pantas ay pinili ang pananalita ng #1 (Vaticanus) dahil ito ay lubhang di-karaniwan (ang UBS[4] ay binibigyan ito ng isang "C" na antas).

Sa sinagogang kalalagayang ito "ang Kristo" ay nangangahulugang ang ipinangakong Ang Pinili sa OT, ang Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31). Mayroong tatlong piniling mga tanggapan sa OT: mga hari, mga propeta, mga saserdote. Si Hesus ay isinakatuparan ang lahat ng tatlong mga tungkuling ito (cf. Hebreo 1:1-3). Ang pagpili (o pagpapahid) na ito ay isang simbolo ng pagpili at pagpapalakas ng isang ministeryong tungkulin. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapahid sa Bibliya sa 4:27.

Ang sinaunang iglesiya kinikilalang paulit-ulit na si Hesus ng Nazareth ay ang ipinangakong Mesias (cf. 2:31-32; 3:18; 5:42; 8:5; 9:22; 17:3; 18:5,28), na sinusundang ng pansariling maliwanag at paulit-ulit na mga pagpapatunay ni Hesus.

**17:4 "nakikampi"** Ang Griyegong PANDIWA (AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG) ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ito sa literal ay nangangahulugang "italaga sa pamamagitan ng pagpili." Sa kontekstong ito ipinakakahulugan nito na "sumunod" o "sumama." Ang "pagpili" ay isang OT paraang ng pag-alam ng kalooban ng Diyos. Ang implikasyon ng

1. ang PANG-UKOL (*pros*)
2. ang ugat (*klēpoō*)
3. ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahiwatig na isang maka-Diyos na pagkilos

Binuksan ng Diyos ang kanilang mga puso gaya ng Kanyang ginawa kay Lidia (cf. 16:24; pansinin din ang katulad kaisipan sa I Pedro 5:3).

▣ **"mga Griegong masisipag sa kabanalan"** Sila ay mga tagasunod ng Judaismo na hindi pa lubusang nagbabalik-loob, kinapapalooban ng

1. pagiging tuli
2. sariling-bautismo
3. paghahandog ng isang hain na kung maaarin ay sa Templo ng Herusalem

▣ **"at hindi kakaunti"** Ito na isa pang halimbawa ng paggamit ni Lucas ng *litotes* (isang makalayuning pagpapahayag nang maliit, cf. 12:18; 15:2; 19:11,23,24; 20:12; 26:19,26; 27:20; 28:2), ay kadalasang anyo ng pagsalungat. Dito ang parirala sa literal ay "hindi kakaunti," na inilalagay sa pangungusap para sa pagbibigay-diin.

▣ **"mga babaing mararangal"** Ang mga babae ay mas mayroong kalayaan sa Macedonia (Lidia) kaysa sa ibang bahagi ng Mediterranong mundo. Ang huwaran na nagtatakda sa Pisidian Antioquia ay pag-uulit sa sarili nito (cf. 13:43,45,50). Ang kanluraning pamilya ng Griyegong mga kasulatan ay nagdaragdag ng isang parirala sa v. 4 na nagpapahayag na ang mga babaeng ito ay mga asawa ng namumunong kalalakihan.

**17:5 "palibhasa'y nangaudyokan ng inggit"** Ang kawalan ng pananampalataya ng Hudyo ay malungko para sa akin (cf. 14:2), ngunit panibugho (cf. 5:17) ay kalunos-lunos! Ito ay hindi inuudyukan ng pang-relihiyong kasigasigan tulad ng kay Saulo, ngunit panibugho! Ang bilang ng mga naligtas (cf. 13:45), hindi ang nilalaman ng pangangaral, ay ang nakapagpabahala sa kanila.

Ginagamit ni Lucas ang terminong "mga Hudyo" kadalasang sa isang nakakasira, salungat na kaunawaan (cf. 12:3; 13:45; 14:2; 17:13), gaya ng kay Pablo (cf. I Thesalonica 2:15-16). Ito ay naging magkasingkahulugan sa kanila na hinahadlangan at tinututulan ang ebanghelyo.

▣

**NASB "ng ilang masasamang tao sa pamilihan"**
**NKJV "ng ilang makasalanang tao sa pamilihan"**
**NRSV "ng ilang mga tampalasan sa pamilihan"**
**TEV "walang katuturang sanggano sa lansangan"**
**NJB "isang gang sa pamilihan"**

Ang terminong ito ay naglalarawan ng umaaligid sa pamilihan na hindi gumagawa, isang tamad na mabuti-para sa-wala.

▣ **"pagkatipon ng isang karamihan"** Ito salitang ay matatagpuan lamang dito sa ang NT at hindi lubhang karaniwan sa Griyegong panitikan. Ito ay hindi matatagpuan sa Septuagint. Ang "nagkakagulong karamihan" ay sa konteksto ay nagpapahiwating ng kahulugan. Si Lucas ay isang edukadong taong na may malaway na talasalitaan (i.e., mediko, paglalayag, atbp.).

**17:6 "kinaladkad si Jason"** Ang ilang ay may haka-haka na ang Jason na nabanggit sa Roma. 16:21 ay katulad na tao, ngunit ito ay di-tiyak.

▣ **"ang ilang kapatid"** Ang kayarian ay nagpapahiwatig na si Jason ay hindi pa isang mananampalataya. Kung paano tiyakang tinanggap ni Jason ang pang-misyong pangkat ay di-tiyak. Ito ay maaari na

1. sina ablo o Silas nagtrabaho para sa kanya
2. sila ay nangupahan ng lugar mula sa kanya
3. sila nanirahan sa kanyang tahanan

Ang PANDIWA tinanggap sa v. 7 ay nangangahulugang "tanggapin bilang panauhin" (cf. Lucas 10:38; 19:6; Santiago 2:25).

▣ **"mga punong bayan"** Ang terminong "politarch" ay nangangahulugang pang-lungsod pinuno. Ito ay ang natatanging pangalan para sa lokal na pampamahalaan ng mg pinuno sa Macedonia. Ito ay lubhang di-karaniwang salit, ginamit lamang dito at sa v. 8 sa NT, o sa Griyegong panitikan at ang pagkagamit nito ay nagpapakita ng kaalaman ni Lucas sa lugar at nagtataguyod ng pagkamakasaysayan ng Mga Gawa (NASB Study Bible, p. 1607, ngunit ang salita ay matatagpuan sa isang Griyegong inskripsyon sa isang arko ng Daang Ignatio sa Tesalonica). Si Lucas ay isang wastong mananalaysay sa isang panahon na ito ay bihira. Siya ay may pananampalatayang layunin, na pinaninindigan ngmga mananampalataya bilang inspirasyon.

▣

**NASB** **"nagsisipagtiwarik ng sanglibutan"**
**NKJV, NRSV**
**NJB** **"itiniwarik ang mundo"**
**TEV** **"nagdulot ng kaguluhan saan man"**

Ito ay nagpapahiwatig na isang pagsasakdal ng sedisyon (cf. 21:38; din note 16:20; 24:5). Ito ay isang napakalakas na termino. Pansinin ang paggamit ni Pablo nito sa Galacia 5:12. Nalalaman natin mula sa I Thesalonica 2:14-16 na ang iglesiyang ito ay humarap sa madaming pag-uusig.

Ang isa ay nagtataka kung ito ay eksaherasyon o nalalaman nila ang paglaganap nitong bagong sekta ng Judaismo.

**17:7 "laban sa mga utos ni Cesar"** Ang ilan ay nag-iisp na ito ay nag-uugnay sa kautusan ni Claudio' (A.D. 41-54) noong A.D. 49-50, na ipinagbabawal ang mga ritwal pang-Hudyong sa Roma. Ang kautusang ito, upang magkabisa, ay nagdulot sa Hudyong populasyon ng Roma na lumisan. Subalit, sa saganang akin, ang konteksto ay maliwanag na ito ay tumutukoy sa kanilang pangangaral ng ebanghelyo. Ito ay ilegal para sa sinuman na maghikayat ng isang Romano.

▣ **"na nagsasabing may ibang hari, si Hesus"** Ang pagsasakdal na ito ay maaaring dahil sa

1. mabigat na pagbibigay-diin ni Pablo sa eskatolohiya ng kanyang pangangaral sa Tesalonica
2. ang mga terminong Kristiyano na ginamit para kay Hesus na katulad na mga terminong ginamit ng mga Romano kay Cesar (hari, panginoon, at tagapagligtas)

**17:8**
**NASB, TEV** **"ng mga punong bayan"**
**NKJV** **"mga pinuno ang lungsod"**
**NRSV** **"mga opisyal ng lungsod"**
**NJB** **"mga tagapayo ng lungsod"**

Ito ay ang Griyegong terminong *politarchs*, na taunang hinihirang sa mga lungsod ng Macedonia. Sila ay hindi Romano ngunit lokal na mga pinuno (AB, tomo 5, pp. 384-389).

**17:9 "ang pinakaako"** Marahil ito ay isang malaking pananalaping seguridad na garantiya, na inilagak ng mga baong naligtas (cf. vv. 4,6,10), upang tiyakin na si Pablo ay hindi nagpatuloy na mangaral sa lungsod. Ang ilang ay inuugnay ito sa I Thesalonica 2:18.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:10-15

**[10]At pagdaka'y pinayaon sa gabi ng mga kapatid si Pablo at si Silas sa Berea: na nang dumating sila doon ay nagsipasok sa sinagoga ng mga Hudyo. [11]Ngayon lalong naging mararangal ang mga ito kay sa mga taga Tesalonica,**

**sapagka't tinanggap nila ang salita ng buong pagsisikap, at sinisiyasat sa araw-araw ang mga kasulatan, kung tunay nga ang mga bagay na ito. [12]Kaya nga marami sa kanila ang mga nagsisampalataya; gayon din sa mga babaing Griega na may mga kalagayang mahal, at sa mga lalake, ay hindi kakaunti. [13]Datapuwa't nang maunawa ng mga Hudyong taga Tesalonica na sa Berea ay ipinangangaral din ni Pablo ang salita ng Diyos, ay nagsiparoon din naman, na ginulo at binagabag ang mga karamihan. [14]At nang magkagayo'y pagdaka'y pinayaon ng mga kapatid si Pablo na pumaroon hanggang sa dagat: at nangatira pa roon si Silas at si Timoteo. [15]Datapuwa't silang mga nagsipaghatid kay Pablo ay dinala siya hanggang sa Atenas: at nang matanggap na nila ang pautos kay Silas at kay Timoteo na madalingmadali silang magsiparoon sa kaniya, ay nagsialis sila.**

**17:10 "Berea"** Ito ay isang malaking lungsod sa panahon ni Pablo na halos 60 milya sa kanluran, napakalapit sa Ignationg Daan. Ito rin ay mayroong Hudyong komunidad, isa na binuksan upnag makapakinig kay Pablo at siyasatin ang kanyang teolohiya mula sa mga teksto na kanyang sinisipi mula sa OT.

▣ **"sila ay nagsipasok sa sinagoga ng mga Hudyo"** Ang teksto ay nagpapahiwatig na daglian pagkatapos ng sila ay dumating, kahit na pagkatapos ng isang buong-gabing paglalakbay, sila ay kaagad na nagtungo sa sinagoga. Maaaring ito ay nangyari lamang nang Sabbath o maaaring nalalamang nila na sila ay maaaring masundan ng mga manunulsol. Napakahalaga ng panahon. Ang makabagong kanluranin mga mananampalataya ay nawala na ang madaliang pagkilos at prayoridad ng pag-e-ebanghelyo!

**17:11 "naging mararangal ang mga ito"** Ang terminong ito ay ginamit para sa mayayaman, edukado, mataas na uri tao (cf. LXX Job 1:3; Lucas 19:12). Ito sa literal na kahulugan ay hindi umaakma sa mga Hudyo ng Berea; samakatuwid, ito ay talinghaga para sa isang tao na mas lalong nagnanais na makapakinig ng bagong hear bagong mga kaisipan at suriin sila. Ang bukas na pag-uugali ay maaaring katangian ng mga pinunong mamamayan ng lungsod na nananambahan sa sinagoga (cf. v. 12).

▣ **"sinisiyasat sa araw-araw ang mga kasulatan, kung tunay nga ang mga bagay na ito"** Ito ay ang daan upang tiyakin ang katotohanan. Ang paraan ng pangangaral ni Pablo ay sa sipi ng OT at pagkatapos ipapakita kunga paaano ito iaakma kay Hesus.

Ang parirala ("kung tunay nga ang mga bagay na ito") ay nagtataglay ng isang PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP (i.e., *ei* na may OPTATIBONG PANAGANO, cf. 17:27; 20:16; 24:19; 27:12), na nangangahulugan na napakalayong na matanggal mula sa katotohanan (maaaring mas maliit). Ang ilang ay tumugon; ilang ay hindi (ang hiwaga ng ang ebanghelyo).

**17:12 "marami sa kanila ang mga nagsisampalataya"** Ito ay nagpapahiwatig na maraming mga Hudyo ng ang sinagoga at maraming "mga may takot sa Diyos" ay tumugon. Tingnan ang Natatanging mga Paksa at 3:16 at 2:40.

▣ **"may mga kalagayang mahal"** Ang terminong ito ay isang tambalan mula sa "mabuti" at "anyo" o "hugis." Ito ay ginamit ng marangal, kagalang-galang, at maimpluwensyang mga tao (cf. 13:50 at Jose ng Arimathea, Marcos 15:43).

**17:13** Ito ay nagpapakita ang makalayuning pagtutol ng mga Hudyong sumasalungat kay Pablo. Maraming sa mga ito ay mga matapat na Hudyo na kumikilos sa pang-relihiyong mga kadahilanan (gaya ng kay Saulo). Subalit, ang kanilang mga pamamaraan ay nagpapakita ng kanilang espiritwal na kalalagayan.

**17:14 "hanggang sa dagat"** Ito ay maaaring mangahulugang

1. si Pablo ay naglakbay sa Atenas sa pamamagitan ng baybaying bangka
2. tinahak ni Pablo ang baybaying daan sa Atenas

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:16-21

**[16]Samantala ngang sila'y hinihintay ni Pablo sa Atenas, ay namuhi ang kaniyang espiritu sa loob niya sa pagkamasid niya sa bayan na puno ng diosdiosan. [17]Kaya't sa sinagoga'y nakipagmatuwiran siya sa mga Hudyo at sa mga taong masisipag sa kabanalan, at sa araw-araw sa pamilihan sa mga nakikipagkita sa kaniya. [18]At ilan naman sa mga pilosopong Epicureo at Estoico ay nakipagtalo sa kaniya. At sinabi ng ilan, Anong ibig sabihin ng masalitang ito? binagabag ang mga iba, Parang siya'y tagapagbalita ng mga ibang diyos: sapagka't ipinangangaral niya si Hesus at ang pagkabuhay na maguli. [19]At siya'y tinangnan nila, at dinala siya sa Areopago, na sinasabi, Mangyayari bagang maalaman namin kung ano itong bagong aral, na sinasalita mo? [20]Sapagka't naghahatid ka ng mga kakaibang bagay sa aming mga tainga: ibig nga naming maalaman kung ano ang kahulugan ng mga bagay na ito. [21](Lahat nga ng mga Ateniense at ang mga taga ibang bayang nakikipamayan doon ay walang ibang ginagawa, kundi ang magsipagsaysay o mangakinig ng anomang bagay na bago.)**

**17:16 "Atenas"** Ito ay ang pinakadakilang lungsod ng Grecia sa nakalipas na pangkulturang pamana at nananatiling sentrong pangkaalaman ng Romanong mundo. Ito ay lumubog sa tradisyon, pamahiin at imoralidad.

▣ **"ang kaniyang espiritu"** Ang Griyegong unsyanong mga kasulatan ng NT ay walang

1. patlang sa pagitan ng ang mga salita
2. mga bantas
3. nakasulat sa malaking titik (lahat ng mga titik ay malaki)
4. paghahati ng talata at kabanata

Samakatuwid, ang konteksto lamang ang maaaring magpasya ng panganganilangan para sa malalaking titik. Kadalasanang ang malalaking titik ay ginamit para sa

1. mga pangalan para sa pagka-Diyos
2. mga pangalan ng lugar
3. mga personal na pangalan

Ang terminong "espiritu" ay maaaring tumutukoy sa

1. Banal na Espiritu (cf. Marcos 1:5)
2. ang may malay aspeto ng sangkatauhan (cf. Marcos 8:12; 14:38)
3. ilang nilalang ng espiritwal na mundo (i.e., di-malinis na mga espiritu, cf. Marcos 1:23)

Sa kontekstong ito ito ay tumutukoy kay Pablo bilang isang persona.

Mayroong maraming mga lugar sa mga sulat ni Pablo kung saan ang ganitong gramatikong kayarian ay ginamit upang ilarawan kung ano ang idinudulot ng Banal na Espiritu sa indibidwal na mananampalataya

1. "hindi isang espiritu ng pagkaalipin," "isang espiritu ng pagkukupkop, Roma. 8:15
2. "isang espiritu ng kahinahunan," I Corinto 4:21
3. "isang espiritu ng pananampalataya (katapatan), II Corinto 4:13
4. "isang espiritu ng karunungan at ng kapahayagan," Efeso 1:17

Ito ay maliwanag mula sa konteksto Pablo na gumagamit ng "espiritu" bilang isang daan ng tumutukoy sa kanyang o ibang mga tao (I Corinto 2:11; 5:4; II Corinto 2:13; 7:13; Roma. 1:9; 8:16; Filipos 4:23).

▣
**NASB "ay namuhi sa loob niya"**
**NKJV "ay nagalit sa loob niya"**
**NRSV "ay lubhang nabahala"**
**TEV "labis na nabalisa"**
**NJB "ay nag-aklas"**

Ito ay isang DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng *paroxunō*, na sa simula ay nangangahulugang "patalasin," ngunit dito ay ginamit na pasimboliko na "guluhin." Ito ay ang termino (sa its PANGNGALAN anyo) na ginamit upang ilarawan ang pag-aaway nina Pablo at Bernabe kay Juan Marcos sa 15:39. Ito ay ginamit nang paayon sa Hebreo 10:24.

**17:17** Si Pablo na nababahala sa kapwa mga Hudyo ("nangangatuwiran sa ang sinagoga") at mga Hentil, kapwa naaakit sa Judaismo (mga natatakot sa Diyos) at mga paganong sumasamba sa diyus-diyusan ("silang nagkataong nandoon sa lugar ng pamilihan"). Si Pablo ay nagpahayag sa iba't-ibang mga pangkat sa iba't-ibang mga paraan: sa mga Hudyo at mga may takot sa Diyos siya ay gumamit ng OT, ngunit sa mga pagano sinubukan niyang maghanap ng ilang karaniwang saligan (cf. vv. 22-31).

**17:18 "Epicureo"** Ang pangkat na ito ay naniniwala na ang kaluguran o kasiyahan ay ang pinakamataas na mabuti at layunin ng buhay. Sila ay naniniwala sa hindi personal, pisikal na buhay pagkatapos. "Magsaya sa buhay ngayon" ay kanilang salawikain (isang anyo ng hedonismo). Kanilang pinanghahawakan na ang mga diyos ay walang pagmamalasakit sa mga tao. Nakuha nila ang kanilang pangalan mula kay Epicuro, isang pilosopo ng Atenas, 341-270 B.C., ngunit malabis nilang inilahad ang kanyang saligang paglalagom. Nakita ni Epicuro ang kaluguran sa isang mas malawak na kaunawaan kaysa personal, pisikal na kaluguran (i.e., malusog na katawan at payapang isipan). "Ang iniulat ni Epicuro ay sinabi ng ganito, 'Kung gusto mong gawing masaya ang isang tao, huwag mong dagdagan ang kanyang kayamanan, ngunit tanggalin mo sa kanya ang kanyang mga kaluguran o kagustuhan" (*The New Schaff-Herzog Encyclopedia of Religious Knowledge*, tomo IV, p. 153).

▣ **"Estoico"** Ito ang pangkat na naniniwala na ang diyos ay (1) ang mundo-kaluluwa o (2) palagiang nasa lahat ng nilalang (panteismo). Ipinahahayag nila na ang mga tao ay kailangang maging kaisa sa kalikasan ( i.e., diyos). Ang katuwiran ay ang pinakamataas na mabuti. Pagtitimpi sa sarili, pagsasarili, at katatagan ng emosyon sa bawat pagkakataon ang kanilang layunin. Sila ay hindi naniniwala sa isang personal sa buhay pagkatapos. Ang kanilang tagapagtatag ay si Zeno, isang pilosopong mula sa Chipre, na lumipas sa Atenas noong 300 B.C. Nakuha nila ang kanilang pangalan mula sa katotohanan na siya ay nagturo sa napinturahang *stoa* ng Atenas.

▣ **"ng masalitang ito"** Ang salitang ito ay ginamit sa mga mayang kumakain ng mga butil sa isang taniman. Ito ay galing sa patalinghagang pagkakagamit sa mga naglalakbay na guro na kumukuha ng mga piraso ng impormasyon dito at doon at tinatangkang ipagbili sila. Ang *R.S.V. Interlinear* ni Alfred Marshall ay isinasalin ito bilang "mangmang na naggagaya." Ang NJB ay mayroong "parot."

▣ **"tagapagbalita ng mga ibang diyos"** Ito sa literal ay "banyagang *daimōn*" na ginamit sa kaunawaang espiritwal na mga kapangyarihan o mga diyos (cf. I Corinto 10:20- 21). Ang mga pilosopong taga-Atenas ay pang-relihiyong polyteista (Olimpikong panteon).

1. Ito ay maaari lamang na ang mga pilosopong Griyego na taga-Atenas ay kinuha ang mga salita ni Pablo bilang tumutukoy sa dalawang diyos (*Jerome Biblical Commentary*, tomo 2, p. 199).
   a. diyos ng kalusugan
   b. diyos ng muling pagkabuhay (i.e., Anastasis)
2. Ito ay maaaring makita nila bilang
   a. lalaki (Hesus)
   b. babae (muling pagkabuhay ay isang PAMBABAENG PANGNGALAN)
3. Ang terminolohiya ng ebanghelyo ni Pablo (cf. NET Bible) mismo ay maaaring ang pinanggalingan ng pagkagulat kaugnay sa isang Diyos sa tatlong persona (i.e., ang Trinidad, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:32).
   a. Ama
   b. Anak
   c. Espiritu

▣ **"sapagka't ipinangangaral niya si Hesus at ang pagkabuhay na maguli."** Ang katitisurang bato ng ebanghelyo para sa mga Hudyo ay "isang naghihirap naMesias" at para sa ang mga Griyego ito ay "ang muling pagkabuhay" (cf. I Corinto 1:18-25). Isang personal na katawan sa buhay pagkatapos ay hindi umaakma sa Griyegong kaunawaan ng mga diyos o sangkatauhan. Sila ay nagpapahayag ng isang maka-Diyos na kislap sa bawat tao, na nabitag o na bilanggo sa pamamagitan ng isang pisikal na katawan. Ang kaligtasan ay pagkakalaya mula sa pisikal at pagsipsip nito sa isang di-personal o semi-personal na pagka-Diyos.

**17:19 "tinangnan nila, at dinala siya sa Areopago"** Ang termino *areopages* ay nangangahulugang burol ni Ares (ang diyos ng digmaan). Sa Romanong pantheon, ang diyos ng digmaan ay nagngangalang Marte. Sa gintong mga panahon ng Atenas, ito ay ang pampilosopiyang pagtitipon ng kilalang mga intellektwal sa lungsod na ito. Ito ay hindi panghukumang pag-dinig, ngunit isang bukas pagtitipon ng lungsod sa presensya ng isang konseho ng mga pinuno ng lungsod.

Ito ay isang halimbawa ng pangangaral ni Pablo sa mga pagano, gaya sa13:16ff ay sa mga may takot sa Diyos na mga Hentil. Salamat sa Diyos para sa mga sinopis ng mga mensahe ni Pablo.

▣ **"Mangyayari bagang maalaman namin kung ano itong bagong aral, na sinasalita mo"** Dito ay ang pagkakaiba sa pagitan ng pag-usisang intelektwal (cf. vv. 20-21) at kapahayagan. Ginawa tayo ng Diyos na mausisa (cf. Ecclesiastes 1:8-9,18; 3:10-11), ngunit katalinuhan ng tao ay hindi magdudulot kapayapaan at kagalakan. Tanging ang ebanghelyo ang makagagawa nito! Tinatalakay ni Pablo ang pagkakaiba sa pagitan ng pantaong karunungan at kapahayagan ng Diyos sa I Corinto 1-4.

**17:19-20** Ang mga salitang ito ay lubhang mapitagan sa lipunan. Ito ay, sa isang kaunawaan, isang pangkalahatang kalalagayan.

**17:21** Ang talatang ito ay tila isang pang-may-akdang puna. Ito ay nagpapakita na ang pagiging mapitagan ng vv. 19-20 ay hindi tunay na intellektwal na pag-uusisa, ngunit isang pangkasalukuyang pangkulturang nauuso. Sila ay sadyang nagagalak sa pakikinig at pakikipagtalo. Sinusubukan nilang buhayin ang nakalipas na kaluwalhatian ng Atenas. Ang kapahamakan ay maaaring hindi nila mapag-biga ang pantaong karunungan at maka-Diyos na kapahayagan (at gayundin ngayon sa ating mga pamantasan)!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:22-31

**22At tumindig si Pablo sa gitna ng Areopago, at sinabi, Kayong mga lalaking taga Atenas, sa lahat ng mga bagay ay
napapansin kong kayo'y lubhang relihioso. 23Sapagka't sa aking pagdaraan, at sa pagmamasid ng mga bagay na inyong
sinasamba, ay nakasumpong din naman ako ng isang dambana na may sulat na ganito, SA ISANG DIOS NA HINDI
KILALA. Yaon ngang inyong sinasamba sa hindi pagkakilala, siya ang sa inyo'y ibinabalita ko. 24Ang Diyos na gumawa
ng sanglibutan at ng lahat ng mga bagay na naririto, siya, palibhasa'y Panginoon ng langit at ng lupa, ay hindi tumatahan
sa mga templong ginawa ng mga kamay; 25Ni hindi rin naman pinaglilingkuran siya ng mga kamay ng mga tao, na para
bagang siya'y nangangailangan ng anomang bagay, yamang siya rin ang nagbibigay sa lahat ng buhay, at ng hininga, at
ng lahat ng mga bagay; 26At ginawa niya sa isa ang bawa't bansa ng mga tao upang magsipanahan sa balat ng buong lupa,
na itinakda ang kanilang talagang ayos ng mga kapanahunan at ang mga hangganan ng kanilang tahanan; 27Upang
kanilang hanapin ang Diyos baka sakaling maapuhap nila siya at siya'y masumpungan, bagaman hindi siya malayo sa
bawa't isa sa atin: 28Sapagka't sa kaniya tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao: na gaya
naman ng sinabi ng ilan sa inyong sariling mga manunula, Sapagkat tayo nama'y sa kaniyang lahi. 29Yamang tayo nga'y
lahi ng Diyos, ay hindi marapat nating isipin na ang pagka Diyos ay katulad ng ginto, o ng pilak, o ng bato, na inukit ng**

**kabihasnan at katalinuhan ng tao. [30]Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalipas na nga ng Diyos; datapuwa't ngayo'y ipinaguutos niya sa mga tao na mangagsisi silang lahat sa lahat ng dako: [31]Sapagka't siya'y nagtakda ng isang araw na kaniyang ipaghuhukom sa sanglibutan ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng lalaking kaniyang itinalaga; na ito'y pinatunayan niya sa lahat ng mga tao, nang siya'y buhayin niyang maguli sa mga patay.**

**17:22 "kayo'y lubhang relihioso"** Ito sa literal ay "pagkatakot sa mga diyos (*daimōn*)." Ito ay maaaring mangahulugang (1) sa isang salungat na kaunawaan, "mapamahiin," gaya ng sa King James Version, o (2) sa isang paayong kaunawaan, "napakatiyak sa pagsasagawa ng pang-relihiyong detalye" (NKJV, NJB cf. 25:19). Ang mga taong ito ay may pag-usisang intelektwal at paggalang para sa mga bagay pang-relihiyo, ngunit sa loob lamang ng tiyak na mga parametro (kanilang mga tradisyon).

▣ **"lahat"** Pansinin ang bilang ng beses na ang pangangaral na ito ay ginamit ni Pablo ang napabilang "lahat" o mga pariralang kaagapay ito.

1. "lahat ay gumagalang," v. 22
2. "lahat ng mga bagay," v. 24
3. "lahat ng may buhay at hininga," v. 25
4. "lahat ng mga bagay," v. 25
5. "bawat bansa," v. 26
6. "lahat ng balat ng lupa," v. 26
7. "bawat-isa ng atin," v. 27
8. "tayo" ("dalawang beses", v. 28
9. "lahat ng dako," v. 30
10. "ang mundo" (pan. ang pinaninirahang mundo), v. 31
11. "lahat ng tao," v. 31

Ang mabuting balita ni Pablo ay inibig ng Diyos ang lahat ng mga tao (i.e., linikha sa Kanyang larawan, cf. Genesis 1:26-27) at ay mayroong ipinagkaloob na isang daan para sa kanila upang makilala Siya (i.e., orihinal layunin ng paglalang ay pakikipag-ugnayan kasama ng Diyos, cf. Genesis 3:8) at mapatawad (i.e., mula sa mga epekto ng pagkahulog, cf. Genesis 3).

**17:23 "may sulat na ganito, SA ISANG DIOS NA HINDI KILALA"** Ang mga Griyego ay natatakot na maaaring may nakaligtaan o nakalimutan silang sambahing mahalagang diyos na maaaring magdulot ng kaguluhan kung mapabayaan, kaya sila palaging mayroong mga monumento ng ganitong uri (cf. Pausanias, *Description of Greece* 1:1:4 at Philostratus, *Life ofApollonius* 6:3:5). Ito ay nagpapakita ng kanilang pagkatakot sa espiritwal na mundo at kanilang polyteismo.

▣ **"Yaon ngang inyong sinasamba sa hindi pagkakilala"** Mayroong isang paglalaro ng salita sa pagitan ng "di-kilala" (*agnōetō*) at "mangmang" (*agnoountes*). Nakuha natin ang Ingles salitang "agnostiko" mula sa Griyegong salitang ito. Si Pablo ay inaangkop ang pagpapakilala ng ebanghelyo sa mga pagano na naniniwalang sa isang impersonal na mundong kaluluwa.

▣ **"siya ang sa inyo'y ibinabalita ko"** Si Pablo ay maliwanag na nagpapahayag na siya ay hindi isang "taga-ngawa" (v. 18) at kilala nia ang mataas na Diyos na kanilang di-kilala.

**17:24 "Ang Diyos na gumawa ng sanglibutan at ng lahat ng mga bagay na naririto"** Ang unang teolohikong punto ay ang Diyos ang manlilikha (cf. Genesis 1-2; Mga Awit 104; 146:6; Isaias 42:5). Ang mga Griyego ay naniniwala na ang espiritu (Diyos) at bagay (mga atomo) ay kapwa walang hanggan. Pinapahayag ni Pablo ang konsepto ng Paglalang sa Genesis 1 kung saan ang isang personal, makalayuning Diyos ay naglalang ng kapwa ang mga kalangitan at ang mundo (ang planetang ito at ang sandaigdigan).

▣ **"hindi tumatahan sa mga templong ginawa ng mga kamay"** Ito ay isang sipi mula sa (1) ang OT (cf. I Mga Hari 8:27; Isaias 66:1-2) o (2) isang Griyegong pilosopo, Euripides, Fragment 968. Mayroong maraming mga sipi sa kontekstong ito mula sa Griyegong manunulat (cf. vv.25 & 28). Si Pablo ay sinanay din sa Griyegong mga iskolastiko.

**17:25 "na para bagang siya'y nangangailangan ng anomang bagay"** Ito ay katulad na kaisipan na matatagpuan sa (1) *Heracles* ni Euripides 1345f; (2) *Euthyphro* ni Plato 14c; Aristobulus, Fragment 4; o (4) Mga Awit 50:9-12. Ang Griyegong mga templo ay kadalasang makikita bilang isang lugar na ang mga diyos ay pinapakain at kinalalinga.

▣ **"yamang siya rin ang nagbibigay sa lahat ng buhay, at ng hininga, at ng lahat ng mga bagay"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 42:5. Ito ay teolohikong daan ni Pablo ng pagpapahayag ng (1) pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan (kahabagan, biyaya) at (2) mapagbiyayang pagtustos ng Diyos para sa sangkatauhan (kalooban ng Diyos). Isang katulad na katotohanan ay ginawa ni Zeno, ang nagtatag ng Stoikong paaralan, na tinala ni Clemente ng Alexandria, *Stromateis* 5:76:1. Pansining ang "*autos*," Siya mismo! Anong isang napakagandang katotohanan para sa Hentil na mga pagano na pakinggan at tanggapin.

**17:26 "ginawa niya sa isa ang bawa't bansa ng mga tao"** Ang kanluraning pamilya ng Griyegong mga kasulatan ay nagdadagdag ng "isa <u>dugo</u>." Subalit, ang Griyegong mga kasulatan $P^{74}$, א, A at B tinatanggal ang termino (ang UBS$^{4}$ ay nagbibigay sa pagtatanggal na isang "B" na antas [halos tiyak]). Kung orihinal, ito ay tumutukoy kay Adan. Kung ito ay isang pagkabanggit sa Griyegong pilosopiya ito ay nagpapaliwanag ng pagkakaisa ng sangkatauhan mula sa isang lahat. Ang pariralang ito at ang susunod ay maliwanag na pagbibigay-diin sa pagkakaisa ng lahat ng sangkatauhan (maaaring isang pagkabanggit mula sa Malakis 2:10, o kahit na sa LXX ng Deuteronomio 32:8), at sa teolohiya, ito ay nagbibigay-diin na ang mga tao ay nilalang sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27).

Ang natitirang talata ay maaaring pagkakabaanggit din sa tala ng Genesis account. Ang sangkatauhan ay inutusang maging mabunga at punuin ang mundo (cf. 1:28; 9:1,7). Ang mga tao ay nag-aatubiling humiwalay at punuin ang mundo. Ang Tore ng Babel (cf. Genesis 10-11) ay nagpapakita mekanismo ng Diyos upang maisakatuparan ito.

▣ **"na itinakda ang kanilang talagang ayos ng mga kapanahunan at ang mga hangganan ng kanilang tahanan"** Si Pablo ay nagbibigay-diin na hindi lamang linikha ng Diyos ang lahat ng mga bagay, ngunit inatasan ang lahat ngmga bagay. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Deuteronomio 32:8 (LXX). Subalit, ang katotohanang ito rin ay binibigyang-diin saanman sa OT (cf. Job 12:23; Mga Awit 47:7-9; 66:7).

**17:27** Ang unang parirala ay maaaring isa pang sipi mula sa ang Griyegong makata, si Arato.

▣ **"kung"** Ito ay isang PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI na nangangahulugangang pinakamalayo sa pagtanggal mula sa katotohanan. Ang mga tao ay kailangang makilala ang kanilang pangangailangan. Kapwa MGA PANDIWA ay AORIST NA TAHAS OPTATIBO.

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV "baka sakaling maapuhap nila siya at siya'y masumpungan"**
**TEV "na naramdaman nila siya sa palagid"**
**NJB "naramdaman nila ang daan patungo sa Kaniya"**

Ang salitang ay nangangahulugang "hipuin" o "salatin" (cf. Lucas 24:39). Ang kontekstong ito ay nagpapahiwatig ng isang paghahagilap dahil sa kadiliman o pagkalito. Sinusubukan nilang hanapin ang Diyos, ngunit ito ay hindi madali. Ang paganismo ay isang pwersang bumubulag na nagpapakilala ng pagkahulog, gaya ng pagsamba sa diyus-diyusan at pamahiin (cf. Romans 1-2), ngunit nandirito ang Diyos!

▣ **"hindi siya malayo sa bawa't isa sa atin"** Anong isang napakagandang katotohanan. Nilalang tayo ng Diyos, ang Diyos ay para sa atin, ang Diyos ay kasama natin (cf. Mga Awit 139)! Si Pablo binibigyang-diin na may pwersa ang pag-ibig, pagkalinga, at presensya ng Diyos sa lahat ng mga tao. Ito ay ang katotohanan ng ebanghelyo (cf. Efeso 2:11-3:13).

Si Pablo ay maaaring nagbabanggit sa Deuteronomio 4:7 o Jeremias 23:23-24, ngunit iniuukol ito sa lahat ng mga tao. Ito ay ang nakatagong lihim ng Bagong Kasunduan!

**17:28 "nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao"** Ang nakalipas na parirala, "sa Kanya tayo ay nabubuhay at kumikilos at umiiral," ay isang sipi mula sa

1. Cleanthes *Hymn to Zeus*. Siya ay ang ulo ng Stoikong paarala noong 263-232 B.C. o
2. Arato (mula sa Soli, isang lungsod malapit sa Tarso) *Phainomena*, line 5. Arato ay mula sa Cilicia at nanirahan noong 315-240 B.C. Ang siping ito ay nagbibigay-diin alinman sa
   a. Ang katangiang palagi ng Diyos (cf. v. 27) o
   b. Ang paglalang ng Diyos sa lahat ng mga tao (cf. v. 26).

Sinipi din ni Pablo ang Epicureano sa I Corinto 15:32 at Menander, *Thais*, sa I Corinto 15:33. Si Pablo ay sinanay sa Griyegong panitikan atretorika, na maaaring sa Tarso, na isang pangunahing pamantasang bayan.

▣ **"Sapagkat tayo nama'y sa kaniyang lahi"** Ito ay isa pang sipi, maaaring mula sa Epimenides, sinipi sa pamamagitan ni Diogenes Laertius sa *Lives of the Philosophers* 1:112.

**17:29** Ito ay ang paglalagom at pagpaapabulaanan ng pagsamba sa diyus-diyusan (cf. Mga Awit 115:1-18; Isaias 40:18-20; 44:9-20; 46:1-7; Jeremias 10:6-11; Habakkuk 2:18-19). Ang kapamahakan ng nalugmok na sangkatauhan ay ang kanilang paghahanap sa espiritwal na katotohanan at pakikipag-ugnayan sa mga bagay na ginawa ng tao na hindi nakakarinig, nakakasagot, o nakakatulong!

**17:30 "Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalipas"** Ito ay isang nakakatuwang aspeto ng kahabagan ng Diyos (cf. Roma. 3:20,25; 4:15; 5:13,20; 7:5,7-8; I Corinto 15:56). Ngunit ngayon sila nakapakinig ng ebanghelyo at may pananagutang espiritwal!

▣ **"ipinaguutos niya sa mga tao na mangagsisi silang lahat sa lahat ng dako"** Ang pahayag na ito ay nagbibigay-diin na

1. mayroon lamang isang Diyos
2. nais Niyang ang lahat ng tao saan mang dako ay magsisi

Ito ay nagpapakita ng pangkalahatan ng kahabagan at pag-ibig ng Diyos (cf. Juan 3:16; 4:42; I Timoteo 2:4; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14). Ito ay hindi pangkalahatan sa kaunawaan na ang lahat ay maliligtas (cf. vv. 32-33), ngunit sa isang kaunawaan ang Diyos ay nagnanais sa lahat ngmga tao na magsisi at magtiwala kay Hesus para sa kaligtasan. Si Hesus ay namatay para sa lahat! Ang lahat ay maaaring naligtas! Ang hiwaga ng kasamaan ay hindi lahat ay maliligtas.

▣ **"mangagsisi"** Ang Hebreong termino ay nangangahulugang "isang pagbabago ng pagkilos," habang ang Griyegong termino ay tumutukoy sa isang "pagbabago ng isipan." Kapwa ay napakahalaga. Kapwa mga paaralan ng pilosopiya na nabanggit sa v. 18 ay itinatanggi ito, ngunit para sa iba't-ibang mga layunin. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang pagsisisi sa 2:38.

**17:31 "Sapagkat siya'y nagtakda ng isang araw na kaniyang ipaghuhukom sa sanglibutan"** Ang mensahe ni Pablo ay maliwanag at paulit-ulit na pagbibigay-diin sa kahabagan at pagtustos ng Diyos. Ngunit ito ay kalahati lamang ng mensahe. Ang Diyos ng pag-ibig at kahabagan ay ang Diyos din ng katarungan na naghahangad ng katuwiran. Ang mga tao na nilalang sa Kanyang larawan ay magbibigay pa pagsusulit ng kanilang pagiging katiwala ng kaloob ng buhay (i.e., Mga Awit 96:13; 98:9). Ang NT paksa na hahatulan ng Diyos ang mundo (hayperboliko sa kilalang mundo) ay paulit-ulit (ex. Mateo 10:15; 11:22,24; 16:27; 22:36; 25:31-46; Pahayag 20:11-15).

▣ **"ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng lalaking kaniyang itinalaga"** Ang konseptong ito ng isang Araw ng Kahatulan na batay sa ating pananampalatayang pakikipag-ugnayan sa isang muling nabuhay, si Hesus ng Nazareth (kinatawan ni YHWH sa paghahatol), ay di-pinakinggan at hindi kapani-paniwala sa mga Griyegong marurunong (cf. I Corinto 1:23), ngunit ang puso ng ebanghelyong saksi (cf. 10:42; Mateo 25:31-33).

▣ **"nang siya'y buhayin niyang maguli sa mga patay"** Ang paksang ito ay paulit-ulit nang maraming beses sa Mga Gawa (cf. 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33, 34,37; 17:31). Ito ay ang puso ng paninidigan ngebanghelyo na ang Diyos ang Ama ay tinanggap ang buhay, katuruan, at panghaliling kamatayan ni Hesus. Ang lubusang nagtuturong teksto sa paksa ng (1) muling pagkabuhay ni Hesus at (2) ang muling pagkabuhay ng mga mananampalataya ay I Corinto 15.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:32-34

**32At nang kanilang marinig ang tungkol sa pagkabuhay na maguli, ay nanglibak ang ilan; datapuwa't sinabi ng mga iba, Pakikinggan ka naming muli tungkol dito. 33Sa gayo'y umalis si Pablo sa gitna nila. 34Datapuwa't nakisama sa kanya ang ilang mga tao, at nagsisampalataya: na sa mga yao'y isa si Dionisio na Areopagita, at ang isang babaing nagngangalang Damaris, at mga iba pang kasama nila.**

**17:32 "nang kanilang marinig ang tungkol sa pagkabuhay na maguli"** Ang mga Griyego, maliban sa mga Epicureano, ay naniniwala sa kawalang kamatayan ng kaluluwa, ngunit hindi ng katawan. Ang muling pagkabuhay ay ang pangunahing katitisurang-bato para sa mga Griyego (cf. v. 18; I Corinto 1:23).

▣ **"nanglibak"** Ang terminong ito ay ginamit lamang dito sa NT, ngunit ang pinaigting na anyo ay makikita sa Mga Gawa 5:30 at 26:21. Ang ugat nito (*chleusma* o *chleusmos*) ay ginamit sa Septuagint nang maraming beses para sa "paglibak" o "panunuya" (cf. Job 12:4; Mga Awit 79:4; Jeremias 20:8).

▣ **"datapuwa't sinabi ng mga iba, Pakikinggan ka naming muli tungkol dito"** Ang mensahe ni Pablo sa pag-ibig at pagkalinga ng Diyos para sa lahat ng tao ay lubhang bagong radikla na ang mga tagapakinig nito ay naakit, ngunit hindi lubusang naniwala.

**17:34 "nakisama sa kanya ang ilang mga tao, at nagsisampalataya: na sa mga yao'y isa si Dionisio"** Mayroong tatlong maaaring mga pagtugon sa ebanghelyo:

1. pagtanggi, "ilang ay nagsimula manuya" (v. 32)
2. pinagpalibang kapasyahan, "muli ka naming pakikinggan patungkol dito (v. 32)
3. pananampalataya, "ilan ay sumama kay Pablo at nanampalataya" (v. 34; I Thesalonica 1:9-10)

Ito ay kaagapay ng parabula ng maghahasik ng binhi (cf. Mateo 13).

▣ **"Dionisio na Areopagita"** Siya ay maaaring isang karaniwang dumadalo sa mga pilosopikong pagtalakay sa Burol ni Marte. Kahit papano, may isang intelektwal ang naging isang mananampalataya.

Eusebio, *Eccl. His*. 3:4:6-7 at 4:23:6 ay nagsasabi na siya naging unang obispo ng Atenas o Corinto. Kung totoo,

anong isang dakila pagbabago! Ang ebanghelyo ay para sa kalakalan ng pagbabago!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit linampasan ni Pablo ang mas tiyak namalaking mga lungsod tulad ng Amphipolis at Apollonia?
2. Bakit ang paghihirap ni Kristo ay lubhang nakapagbalisa sa mga Hudyo?
3. Bakit ang tugon ng Berea sa ebanghelyo ay lubhang kapuri-puri at nagbibigay-sigla?
4. Bakit lubhang nagulo si Pablo sa espiritwal na kalalagayan ng Atenas?
5. Bakit ang pangangaral ni Pablo sa Burol ni Marte ay lubhang napakahalaga? (22-24)

# MGA GAWA 18

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Pablo sa Corinto | Paglilingkod sa Corinto | Pagtatatag ng Iglesiya sa Corinto | Sa Corinto | Pagtatatag ng Iglesiya ng Corinto |
| 18:1-4 | 18:1-17 | 18:1-4 | 18:1-4 | 18:1-4 |
| 18:5-11 | | 18:5-11 | 18:5-8 | 18:5-11 |
| | | | 18:9-11 | Kihuha ng mga Hudyo si Pablo papuntang Hukuman |
| 18:12-17 | | 18:12-17 | 18:12-13 | 18:12-17 |
| | | | 18:14-17 | |
| Pagbalik ni Pablo sa Antioquia | Pagbalik ni Pablo sa Antioquia | Ang Pagtapos ng Ikalawang Pang-misyonag Paglalakbay at Pagsisimula ng Pangatlo | Ang Pagbalik sa Antioquia | Pagbalik sa Antioquia at Paglisan para sa Ikatlong Paglalakbay |
| 18:18-23 | 18:18-23 | 18:18-21 | 18:18-21 | 18:18 |
| | | | | 18:19-21 |
| | | 18:22-23 | 18:22-23 | 18:22-23 |
| Ang Pangangaral ni Apolos sa Efeso | Ang ministeryo ni Apolos | Si Apolos sa Efeso | S Apolos sa Efeso at Corinto | Si Apolos |
| 18:24-28 | 18:24-28 | 18:24-28 | 18:24-28 | 18:24-26 |
| | | | | 18:27-28 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:1-4**

**1Pagkatapos ng mga bagay na ito'y umalis siya sa Atenas, at napasa Corinto. 2At nasumpungan niya ang isang Hudyo na nagngangalang Aquila, isang lalaking tubo sa Ponto, na hindi pa nalalaong nanggagaling sa Italia, kasama ni Priscila na kaniyang asawa, sapagka't ipinagutos ni Claudio na ang lahat ng mga Hudyo ay magsialis sa Roma: at siya'y**

**lumapit sa kanila; [3]At sapagka't ang hanap-buhay niya'y gaya rin ng kanila, ay nakipanuluyan siya sa kanila, at sila'y nagsigawa: sapagka't ang hanap-buhay nila'y gumawa ng mga tolda. [4]At siya'y nangangatuwiran tuwing sabbath sa sinagoga, at hinihikayat ang mga Hudyo at ang mga Griyego.**

**18:1 "umalis siya sa Atenas, at napasa Corinto"** Ang Corinto ay 50 milya sa kanluran ng Atenas sa isang makipot na piraso ng lupa (isthmus). Si Pablo ay mag-isa sa Atenas at kahit na sa maikling panahon sa Corinto (cf. v. 5). Si Pablo ay may suliranin sa kanyang mata (tinik sa laman, cf. II Corinto 12). Lubhang napakahirap para sa kanya na mag-isa.

## NATATANGING PAKSA: ANG LUNGSOD NG CORINTO

A. Ang mga paglalayag na barko sa palibot ng katimugang dulong bahagi ng Grecia (i.e., Cape Malea) ay lubhang mapanganib. Samakatuwid, ang isang panlupang dadaan na maaaring maypinakamaikling haba ay napakahalaga. Ang heograpikong kinalalagyan ng Corinto sa apat na milyang isthmus sa pagitan ng Gulpo ng Corinto (i.e., Dagat Adriatiko) at Gulp ng Saroniko (i.e., Dagat Aegeano) ay ginawa ang lungsod na isang pangunahing pangkalakalan (i.e., paglalayag at pangkalakalang sentro na natatangi sa mga uri ng palayok at isang natatanging uri ng tanso) at pang-militar na sentro. Sa kapanahunan ng Pablo, dito sa literal ay kung saan ang mga kultura ng Silangan at Kanluran ay nagtatagpo.

B. Ang Corinto din ay isang pangunahing pangkulturang sentro ng Greco-Romanong mundo dahil dito ginaganap ang dalawang-taunang Isthmian na Palaro na nagsimula noong 581 B.C. (sa Templo ni Poseidon). Tanging ang Palarong Olimpiks sa Atenas, kada apat na taon, ang nakipagpaligsahan sa kanila sa laki at kahalagahan (Thucydides, *Hist*. 1.13.5).

C. Noong 146 B.C. ang Corinto ay nakasama sa isang pag-aalsa (i.e., ang Liga ng Achaean) laban sa Roma at winasak ng Romanong Heneral Lucius Mummius at ang populasyon ay nagkawatak-watak. Dahil ng kayang pang-ekononiko at pang-militar na kahalagahan, ito ay muling itinayo noong 46 o 48 B.C. sa pamamagitan ni Julius Cesar. Ito ay naging isang Romanong kolonya kung saan ang mga Romanong sundalo ay nagreretiro. Ito ay isang kunwaring Roma sa arkitektura at kultura at ang pangpamunuang sentro ng Romanong (i.e., pang-senado) lalawigan ng Acaya noong 27 B.C. Ito ay naging isang pang-Imperyong Lalawigan noong A.D. 15.

D. Ang akropolis ng Lumang Corinto, na mataas ng 1880 talampakan sa kapatagan, ay ang pook ng templo ni Aphrodite. Sa templong ito ay nakakabit ang 1,000 mga patutot (Strabo, *Geography*, 8.6.20-22). Ang tawaging "isang taga-Corinto" (i.e., *Korinthiazesthai*, linikha ni Aristophanes [450-385 B.C.]) ay kasingkahulugan sa pabaya, magulong pamumuhay. Ang templo nilo, na gaya ng karamihan sa mga lungsod, ay nawasak ng isang lindol halos 150 taon bago dumating si Pablo, naulit ito noong A.D. 77. Ito ay di-tiyak kung ang kulto ng pagpaparami ay nagpatuloy sa panahon ni Pablo. Nang ang mga Romano, noong 146 B.C., ay winasak ang lungsod at pinatay o inalipin ang lahat ng mga mamamayan, ang Griyegong panlasa ng lungsod ay ang pumalit sa pamamagitan ng kanyang Romanong kolonyal na estado (Pausanias, II.3.7).

**18:2 "isang Hudyo na nagngangalang Aquila. . .Priscilla"** Ang kanyang maybahay, si Priscilla, tinawag ding Prisca, ay kadalasang unang nababanggit (cf. 18:18,26; I Corinto 16:19; II Timoteo 4:19), na lubhang di-karaniwan sa ganitong patriarkong kultura (tingnan ang Natatanging Paksa: Kababaihan sa Bibliya sa 2:17). Ang kanyang pangalan ay tumutugmo sa isang mayamang pangalan ng Romanong pamilya (gens Prisca). Siya ay di kailanman nasabing isang Hudyo. Anong isang dakila kuwentong pag-ibig ay maaaring kung siya ay isang mayamang Romanong babae na umibig sa isang naglalakbay na Hudyong gumagawa ng tolda o tagagawa ng balat! Kinaibigan at magkasamang nakatrabaho nila Pablo sa ganitong kalakal. Tinulungan nilang turuan si Apolos.

▣ **"hindi pa nalalaon"** Sa *A Translator's Handbook on the Acts of the Apostle*, p. 347, Newman at Nida ay gumawa ng isang nakakawiling punto patungkol sa PANG-ABAY, *prosphatōs*. Sa orihinal ito ay nangangahulugang "sariwa pa ang pagkakapatay," ngunit ito ay dumating upang gamitin sa patalinghaga bilang "kamakailan lamang." Ito ay isang mabuting halimbawa ng paano ang etimolohiya ay hindi palaging isang mabuting pahiwatig ng mga kahulugan. Ang mga salita ay kailangang anaunawaan sa kanilang pangkasalukuyan at kontekstwal na kalalagayan. Maraming ng maling interpretasyon ng Bibliya ay nagmula sa kabiguan ng makabagong tapagsalin na malaman sinaunang talinghagang o pangwikaing pagkakagamit.

▣ **"nanggagaling sa Italia, kasama ni Priscila na kaniyang asawa, sapagka't ipinagutos ni Claudio na ang lahat ng mga Hudyo ay magsialis sa Roma"** Sa *Historia Contra Paganus* 7.6.15, Si Orosius ay nagsabi na ang petsa ng kautusang ito ay A.D. 49. Si Suetonius, sa *Life of Claudius* 25.4, ay nagsasabi sa atin na ito ay sa panggugulo ng Hudyong ghetto at ang panunolsol ng isang *Chrestus*. Ang mga Romano ay ikinalita ang Christus kay Chrestus (cf. Tacitus, *Annais* 25:44:3). Dio Cassius to *Histories* 60.6, ay nagsabing ang mga Hudyo ay hindi pinalayas, ngunit ay ipinagbabawal sa kasanayan ng kanilang sinaunang mga kaugalian.

Ang KATAGA, "na dumating," ay GANAP NA TAHAS KATAGA, na nagpapahiwatig na ang pagkilos ay ipinagpapalagay na

palagian o mahabang panahon. Ang kautusan ni Claudio (batas) ay isang GANAP BALINTIYAK NA PAWATAS.

**18:3 "sapagka't ang hanap-buhay niya'y gaya rin ng kanila"** Ito ay ay kadalasang ipinagpapalagay na paggawa ng tolda, ngunit ang salitang ay maaari ding tumutukoy sa paggawa ng balat. Ang rabinikal na kaligiran ni Pablo ay nangangailangan na siya ay magkaroon ng sekular na trabaho o kalakalan. Walang rabbi ay maaaring tumanggap ng salapi para sa pagtuturo. Sa Clicia, lugar ng tahanan ni Pablo, ay tanyang para sa buhok at mga balat ng kambing.

**18:4 "siya'y nangangatuwiran tuwing sabbath sa sinagoga"** Si Pablo ay aktibo sa bawat Sabbath ay kapwa sa "pangangatuwiran" at "panghihimok " (ang mga ito ay kapwa DI-GANAP PANAHUNAN). Si Pablo ay pumunta muna sa mga Hudyo dahil

1. ito ay halimbawa ni Hesus (cf. Mateo 10:5-6)
2. nalalaman nila ang OT
3. ang may takot sa Diyos na mga Griyego doon sa pangkalahatan ay tumugon sa kanyang mensahe (cf. Roma. 1:16)

Ang sinagoga ay umunlad sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya bilang isang lugar ng pagsamba, pag-aaral, at panalangin. Ito ay ipinanukala upang pagyamanin at mainpanatili ang Hudyong kultura.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:5-11

**5Datapuwa't nang si Silas at si Timoteo ay magsilusong mula sa Macedonia, si Pablo ay napilitan sa pamamagitan ng salita, na sinasaksihan sa mga Hudyo na si Hesus ang siyang Kristo. 6At nang sila'y magsitutol at magsipamusong, ay ipinagpag niya ang kaniyang kasuotan at sa kanila'y sinabi, Ang inyong dugo'y sumainyong sariling mga ulo: ako'y malinis: buhat ngayo'y paparoon ako sa mga Gentil. 7At siya'y umalis doon, at pumasok sa bahay ng isang lalaking nagngangalang Tito Justo, na isang sumasamba sa Diyos, na ang bahay niya'y karugtong ng sinagoga. 8At si Crispo, ang pinuno sa sinagoga, ay nanampalataya sa Panginoon, pati ng buong sangbahayan niya; at marami sa mga taga Corinto na sa pakikinig ay nagsisampalataya, at pawang nangabautismuhan. 9At sinabi ng Panginoon kay Pablo nang gabi sa pangitain, Huwag kang matakot, kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik: 10Sapagka't ako'y sumasaiyo, at sinoma'y hindi ka madadaluhong upang saktan ka: sapagka't makapal ang mga tao ko sa bayang ito. 11At siya'y tumahan doong isang taon at anim na buwan, na itinuturo sa kanila ang salita ng Diyos.**

**18:5 "sina Silas at Timoteo ay magsilusong mula sa Macedonia"** Sila ay tila ang nagdala ng handog pagmamahal mula sa mga mananampalataya sa Filipos, na nagpahintulot kay Pablo na mangaral ng buong panahon (cf. II Corinto 11:9; Filipos 4:15). Si Timoteo din ay nagdala ng balita patungkol sa iglesiya sa Tesalonica bilang pagtugon sa pagsulat ni Pablo ng I at II Tesalonica (cf. 17:14). Ito ay tila, gaya ng pagkakaiwan ni Lucas sa Filipos upang turuan ang bagong mga mananampalataya, si Timoteo ay ay naiwan sa Tesalonica at si Silas sa Berea. Si Pablo ay lubhang nagmamalasakit sa pasasanay ng bagong mga Kristiyano (i.e., ang Dakilang Komisyon ay paggawa at pagtuturo ng mga alagad, hindi lamang mga kapasyahan). Siya ay nagnanais na iwan ang isang aktibo, lumalago, nagbubungang iglesiya sa bawat lungsod na kaniyang dinadalaw.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"si Pablo ay napilitan sa pamamagitan ng salita"** |
| **NKJV** | **"si Pablo ay napilitan sa pamamagitan ng ang Espiritu"** |
| **NRSV** | **"si Pablo ay abala sa paghahayag ng salita"** |
| **TEV** | **"si Pablo ay tinuon ang kanyang buong oras sa pangangaral ng mensahe"** |
| **NJB** | **"Inilaan ni Pablo ang kanyang buong panahon sa pangangaral"** |

Mayroong isang Griyegong kasulatang pagkakaiba sa pariralang ito. Ang pinakamatanda at pinakamahusay na mga teksto ay may DATIVE ng *Logos* (cf. MSS $P^{74}$, א, A, B, D, E, kaalinsabay ng Vulgata, Peshitta, at Coptikong mga salin). Ang $UBS^4$ ay inaantasan ito ng "B" (halos tiyak). Ang Textus Receptus ay mayroong "Espiritu" (*pneumati*), na matatagpuan lamang sa mas nahuling Minuskulang Griyegong mga kasulatan (tatlo mula sa ikasampung siglo ay ang pinakamatanda).

▣ **"sinasaksihan sa mga Hudyo na si Hesus ang siyang Kristo"** Ihambing ang 9:22 ka 17:3 patungkol sa paraan ni Pablo sa panghihikayat (DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng *sunechō*, na nangangahulugang pasikipin o pigain), na lubhang katulad ng kaparaanan at kasigasigan ni Esteban (cf. Mga Gawa 7). Tingnan ang tala sa 2:40. Ito na kadalasang paulit-ulit na teolohikong pagbibigay-diin (i.e., Hesus ay ang Mesias, tingnan ang tala sa 17:3) ay ang susi sa lahat ng iba pa!

**18:6 "magsitutol at magsipamusong"** Ang mga ito ay kapwa PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MGA PANDIWARI, na nagbibigay-diin sa pagpapatuloy ng pansariling pagkakasangkot. Sa kasamaang-palad itong lahat ay lubhang karaniwan pagtugon mula sa mga Hudyo ng Diaspora.

▣ **"ipinagpag niya ang kaniyang kasuotan"** Ito ay isang Hudyong simbolo para sa pagtanggi (cf. Nehemiah 5:13; Mga Gawa 13:51; Lucas 9:5; 10:11). Tingnan ang buong tala sa 13:51.

▣ **"Ang inyong dugo'y sumainyong sariling mga ulo"** Ito ay OT wikain na mayroong maraming mga kahulugan.

1. ang pananagutan ng isang bantay, ay kapwa pansarili at panlahat, Ezekiel 3:16ff; 33:1-6
2. isang pansariling pananagutan, Josue 2:19; II Samuel 1:16; Ezekiel 18:13; Mga Gawa 18:6; 20:26
3. isang magkakasamang pananagutan ng mga ninuno o mga bansa, II Samuel 3:28-29; II Mga Hari 2:33
4. Ang pinagsama sa NT ng # 2 at #3, Mateo 27:25

Ang buhay ay nasa dugo (cf. Levitico 17:11,14). Ang pagdadanak ng dugo ay ginawa ang isang tao na may pananagutan sa Diyos para sa kamatayang iyan (cf. Genesis 4:10; 9:4-6).

▣ **"ako'y malinis"** Ito ay isang OT pag-aalay na talinghaga sa pansariling pananagutan. Si Pablo ay wala nang espiritwal na pananagutan (cf. Ezekiel 33) para sa ang mga Hudyo na nakapagkinig ng ebanghelyo sa lungsod na ito. Kanyang ibinahagi ang mensahe at sila ay hindi tumugon. Tayo ba ay malinis?

▣ **"buhat ngayo'y paparoon ako sa mga Gentil"** Ang ebandyelikong pamamaraan at sumpang ito ay naging karaniwan para kay Pablo (cf. 13:46; 18:6; 26:20; 28:28). Naramdaman ni Pablo ang pananagutan na mangaral muna sa sambahayan ng Israel, na sumusunod Hesus (cf. Mateo 10:6; 15:24; Marcos 7:27). Ipinaliwanag niya sa teolohiko saRoma. 1:3,5,9-11 at padamdamin sa Mga Gawa 9;15; 22:21; 26:17 (cf. Roma. 11:13; 15:16; Galacia 1:16; 2:7-9; Efeso 3:2,8; I Timoteo 2:7; II Timoteo 4:17).

**18:7 "Tito Justo"** Mayroong maraming posibilidad sa pagkakakilanlan ng "sumasamba sa Diyos" na ito na naninirahan sa susunod na sinagoga sa Corinto.

1. Ang kanyang buongpangalan ay Gayo Tito Justo at ang iglesiya sa Corinto ay nagtitipon sa kanyang tahanan (cf. Roma. 16:23)
2. Siya ay maaaring ang Gayo na nabanggit sa I Corinto 1:14 na binautismuha ni Pablo
3. Mayroong isang Griyegong kasulatang pagkakaiba na kaugnay ng pangalang ito.
   a. *Titiou Ioustou*, MSS B, $D^2$ ($UBS^4$ ay nagbibigay ng isang "C" na antas)
   b. *Titou Ioustou*, MSS א, E, P
   c. *Ioustou*, MSS A, $B^2$, $D^*$
   d. *Titou*, Peshitta at Coptic na mga salin

▣ **"isang sumasamba sa Diyos"** Isang tatak mula sa Aphrodisias (ika-3 siglo), ginagamit ang parirala "sumasamba sa Diyos" para sa kanilan mga Hentil na nakasandig at dumadalo sa sinagoga. Kaya ang "mga may takot sa Diyos" (10:1-2,22; 13:16,26) ay magkasingkahulugan sa "sumasamba sa Diyos" (cf. 13:50; 16:14; 18:6-7).

Ang pariralang ito ay mahirap bigyan ng kahulugan. Ang katulad na parirala ay ginamit kay Lidia sa 16:14 at maraming ang mga Griyego sa Tesalonica sa 17:4 at sa Berea sa 17:17. Sila tila mga Griyego na naakit sa Judaismo, dumadalo sa sinagoga kung maaari, ngunit hindi lubusang nananampalataya. Subalit, ang pariralang "isang may takot sa Diyos na nananampalataya" ay ginamit upang ilarawan ang mga lubusang nanampalataya sa sinagoga sa Perga ng Pamfilia sa 13:43.

**18:8 "Crispo"** Ang taong ito ay ang nagtatatag at tagapangasiwa ng lokal na sinagoga (cf. I Corinto 1:14).

▣ **"nanampalataya sa Panginoon, pati ng buong sangbahayan niya"** Mga Gawa ay tinala ang maraming pagkakataon kung saan ang pinuno ng isang bahay ay naliligtas at ang buong pinahabang pamilya ay nabautismuhan (cf. 11:14; 16:15,31-34; 18:8, Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang bautismo sa 2:38). Ang mga taga-kanluran ay nakalimutan ang lugar ng pinahabang pamilya sa ang sinaunang Mediterraneanong mundo. Ang pamiliya ay ang inuuna. Sa sarili ay hindi nagbibigay-diin. Bagaman ito ay iba't-ibang mula sa ating pansariling pagkakauna ng pag-e-ebanghelyo, na hindi nito ginagawang di angkop o mag mababang katotohanan.

Subalit, ito rin ay kailangang itala, na hindi lahat ng mga miyembro ng naligtas na mga pamilya na dumadaloy sa iglesiya ay naligtas. si Onesimus ay isang alipin sa bahay ni Filemon kung saan nagpupulong ang iglesiya, ngunit siya ay hindi naligtas hanggang makilala niya si Pablo sa bilangguan.

Para sa "nanampalataya" tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 2:40 at 3:16.

▣ **"marami sa mga taga Corinto na sa pakikinig ay nagsisampalataya, at pawang nangabautismuhan"** Marami sa Corinto ay kaagad na tinanggap ang mensahe ni Pablo, ngunit s Pablo ay napanghinaan ng loob at kailangang palakasin sa pamamagitan ng isang natatanging maka-Diyos na pangitain (cf. v. 10b). Ang mga iglesiya sa Corinto (mga bahay-iglesiya) ay ang pinakamahirap, nakakapag-alinlangang mga pagkakatipon ni Pablo. Siya ay minahal nila, ngunit nagdulot sila ng malaking pansarling kasakitan sa kanya (cf. I at II Corinto).

Mayroong isang nauugnay na kaagapay sa kontekstong ito sa I Corinto 1:14-17. Aking isinama dito ang isa sa aking mga tala mula sa aking komentaryo sa I Corinto. Tingnan ito sa internet na walang-baya sa www.freebiblecommentary.org

> "**1:17 "Sapagkat hindi ako sinugo ni Kristo upang bumautismo"** Ito ay hindi ay nangahulugang minamaliit ang bautismo, ngunit upang sagutin ang maliliit na pangkat sa iglesiya ng Corinto na nagtataas ng ilang mga pinuno. Subalit, ang pahayag na ito ay ipinapahiwatig na ang bautismo ay hind makikita bilang isang "pang-sakramentong" kinatawan ng biyaya. Ito ay nakakagulat na ang ilang nagpapaliwanag ng mga sulat ni Pablo sa isang pang-

sakramentong kaunawaan na kapag sa lahat kanyang mga sulat, siya ay tiyakang nagbabanggit ng Hapunan ng Panginoon ng minsang lamang saI Corinto 11 at bautismo dalawang beses, sa Roma. 6:1-11 at Colosas 2:12. Subalit, ang bautismo ay ang kalooban ng Diyos para sa bawat mananampalataya.

1. ito ay halimbawa ni Hesus
2. ito ay kautusan ni Hesus
3. ito ay inaasahan, karaniwang pamamaraan para sa lahat ng mga mananampalataya

Hindi ako naniniwala ang ito ay ang dadaluyan para makatanggap ng biyaya ng Diyos o ang Espiritu. Ito ay ang pangmadlang pagkakataon para sa bagong mga mananampalataya na ihayag ang kanilang pananampalataya sa isang napakapangmadla at tiyak na paraan. Hindi NT mananampalataya ay magtatanong na, "Kailangang bang magpabautismo upang maligtas?" Ginawa ito ni Hesus! Inutos ito ni Hesus sa iglesiya gawin ito ! Gawin mo ito!" Ang bautismo ay pa rin ang isang pangunahing tiyak na pangmadlang pagpapahayag ng personal na pananampalataya, lalo na sa di-Kristyanong mga kultura.

**18:9 "Huwag kang matakot"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy sa pag-iral. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Genesis 26:24 o Deuteronomio 1:29-33; 20:1, kung saan si Isaac ay natatakot. Si Pablo ay natatakot at kinakailangan ang pagpapalaks ni Kristo. Tinala ni Lucas ang mga natatanging pangitaing ito ng pagpapalakas sa 22:17-18; 23:11; 27:23-24. Kung ang isang tao na tulad ni Pablo ay napagod sa paggawa ng mabuti, ikaw ba ay nagtataka na nangyayari din ito sa iyo? Si Hesus ay sumasaatin din (cf. v. 10; Mateo 28:20)! Ang Dakilang Komisyon ay patuloy na gumagabay na layunin, ang pangunahing bagay (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

▣ **"kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik"** Ito ay kapwa MGA PAUTOS (PANGKASALUKUYANG TAHAS at AORIST NA TAHAS). Ang pagkatakot ay dapat na hindi magpatahimik ng tagapagpahayag ng ebanghelyo! Ang ating mga emosyon ay tumataas at bumababa, ngunit ang Mga Gawa 1:8 ay patuloy na gumagabay na liwanag (cf. II Timoteo 4:2-5).

**18:10 "ako'y sumasaiyo"** Walang mas dakilang pangako (cf. Genesis 26:24; Exodo 3:12; 33:4; Mga Awit 23:4; Mateo 28:20; Hebreo 13:5). Pansinin na Siya ay sumasaatin, hindi para sa ating pansariling kaginhawaan o seguridad, ngunit para sa ebandyelikong katapangan (gayundin, ang layunin ng ang pagpupuspos ng Espiritu sa Mga Gawa). Ang presensya ng Espiritu ay para sa pamamahayag, hindi pansariling kapayapaan lamang.

▣ **"sapagka't makapal ang mga tao ko sa bayang ito"** Ang pariralang "makapal ang mga tao" ay isang pagkabanggit sa OT paggamit ng terminong ito para sa Israel (i.e., ang bayan ng Diyos), ngunit ngayon sa NT ito ay tumutukoy sa kanila sa Corinto (mga Hudyo at mga Hentil) na tumugon sa ebanghelyong mensahe. Wala nang mga Hudyo o Griyego (cf. Roma. 3:22; I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Colosas 3:11). Ang iglesiya ay ngayon ay tinawag na sa pamamagitan ng mga OT titulo (cf. Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).

Ito ay isang pagbibigay-diin ng katalagahan at paunang pagkaalam ng Diyos (cf. Roma9; Efeso 1). O, kung maaari lang nating makita ang aklat ng Buhay ngayon! Ang pagsasaksi ng iglesiya ay mabisa (cf. Pahayag 13:8). Ang pansariling katiyakan ay para sa ebandyelikong katapangan, hindi ang pagpapatunay tiket sa langit kapag namatay ang mga mananampalataya!

**18:11** Ang talatang ito ay tumutulong sa pagtatatag ng isang maaaring pagkakasunod-sunodpara sa pang-misyong paglalakbay ni Pablo. Bagaman ang parirala ay may kalabuan, ito ay nagpapahiwatig ng isang pangangaral na misyon ng labingwalong buwan sa Corinto.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:12-17

**12Datapuwa't nang si Galion ay proconsul ng Acaya ang mga Hudyo ay nangagkaisang nangagsitindig laban kay Pablo at siya'y dinala sa harapan ng hukuman, 13Na nagsasabi, Hinihikayat ng taong ito ang mga tao upang magsisamba sa Diyos laban sa kautusan. 14Datapuwa't nang bubukhin na ni Pablo ang kaniyang bibig, ay sinabi ni Galion sa mga Hudyo, Kung ito'y tunay na masamang gawa o mabigat na kasalanan, Oh mga Hudyo, may matuwid na tiisin ko kayo: 15Datapuwa't kung mga pagtatalo tungkol sa mga salita at mga pangalan at sa inyong sariling kautusan, kayo sa inyong sarili na ang bahala noon; ayaw kong maging hukom sa mga bagay na ito. 16At sila'y pinalayas niya sa hukuman. 17At hinawakan nilang lahat si Sostenes, na pinuno sa sinagoga, at siya'y hinampas sa harapan ng hukuman. At hindi man lamang pinansin ni Galion ang mga bagay na ito.**

**18:12 "Galion"** Mula sa biblikal at extra-biblikal na mga pinagmulan, malalaman natin na siya ay isang makatarungan at may kakayahang pampulitikang pinuno. Ang kanyang kapatid na lalaki, si Seneca, ay nagsabi sa kaniya, "Kahit na sa kanilang umiibig sa aking kapatid na Gallio sa sukdulan ng kanilang kapangyarihan ay hindi siya inibig ng sapat" at "walang lalaki ang kasing kalugod-lugod ni Gallio lahat." Ang pampulitikang hinirang na ito ang tumulong sa atin upang lagyan ang petsa ang mga paglalakbay ni Pablo. Siya ay isang proconsul para sa dalawa at kalahating taong simula noong A.D. 51.

▣ **"Galion ay proconsul ng Acaya"** Si Lucas ay isang tumpak na mananalaysay. Ang mga pangalan ng Romanong mga pinuno sa lugar na ay ay nagbago sa lugar na ito buhat noong 44; "proconsul" (cf. 13:7; 19:38) ay tama dahil si Emperador Claudio ay nagbigay sa lalawigang ito sa Senado.

▣ **"ang mga Hudyo ay nangagkaisang nangagsitindig"** Ginagamit ni Lucas ang pariralang ito nang maraming beses upang ipahayag ang pagkakaisa ng mga mananampalataya (cf. 1:14; 2:1,46; 4:24; 5:12; 8:6; 15:25), ngunit dito ito ay nangangahulugan ang pagkakaisa ng panibugho at laban sa-ebanghelyong pag-aaklas ng mga Hudyo sa Corinto (cf. v. 6). Ang ibang mga halimbawa sa paggamit ng pariralang ito sa isang salungat na kaunawaan ay 7:57; 12:20; at 19:29. Ang terminong "mga Hudyo" kadalasang ay mayroong isang nakakasirang paggamit sa mga sulat ni Lucas.

▣ **"siya'y dinala sa harapan ng hukuman"** Ito ay ang salitang *bēma* (sa literal, "hakbang"). Ito ay ang upuan o itinaas na entablado ng Romanong hukom (cf. Mateo 27:19; Juan 19:13; Mga Gawa 25:6,10,17; II Corinto 5:10).

**18:13 "ang mga tao upang magsisamba sa Diyos laban sa kautusan"** Ang pag-aanking pang-Hudyo na ang Kristiyanismo ay isang paglabag sa kanilang mga kautusan at, samakatuwid, hindi bahagi ng Judaismo, ay isang nakapakahalagang isyung legal. Kung Gallio ay nanguna sa paglilitis na ito, ang Kristiyanismo ay magiging isang ilegal relihiyon. Ngunit, gaya nito, Kristiyanismo nakikinamang sa pampulitikang pangangalaga (ito ay ay makikita sa isang sekta ng Judaismo, na isang legal na relihiyon) sa ilalim ng Romanong kautusan hanggang pag-uusig ni Nero, 10-12 taon ang nakalipas.

Ito ay kahit na maaari na isa sa layuning ni Lucas sa pagsusulat ng Mga Gawa ay upang itala na ang Kristiyanismo ay hindi isang banta sa Romanong awtoridad. Bawat Romanong pampamunuan ay nakatala bilang bilang pagkilala sa katotohanang ito.

**18:14 "Kung"** Ito ay isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP. Ito ay isang bihirang kayarian na gigawang ang isang bulaang pahayag sa pagkakasunod-sunod upang gumawa ng punto o magpatuloy sa isang pagtalakay. Ito ay kadalasang tinawag na "salungat sa katotohanan" na kalagayan. Ito ay dapat na isaling "kung ito ay isang bagay ng kamalian o ng mapanirang kasamaan, na hindi naman, pagkatapos ito ay maaaring makatuwiran para sa akin na sabihin ito sa iyo, kung ano ang hindi."

**18:15 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP. Ang legal na isyu, sa katotohanan, ay isang pang-relihiyong isyu. Si Gallio ay marunong na makilala ang tunay na dahilan ng mga Hudyo. Siya ay maaaring hindi at hindi kikilos bilang isang hukom sa ganitong uri ng mga bagay.

**18:16 "sila'y pinalayas niya sa hukuman"** Ito lamang pangyayari ang pangyayari sa PANDIWANG ito sa NT, ngunit ito ay ginamit nang maraming beses sa Septuagint (cf. I Samuel 6:8; Ezekiel 34:12). Ito ay isang pinalawig na anyo ng *elaunō*, na nangangahulugang ilabas nang may pwersa.

**18:17 "hinawakan nilang lahat si Sostenes"** "Silang lahat" ay tumutukoy sa mga Hudyo ng v. 12 o maaaring sa mga Griyego, na nagpapakita ng saligang anti-Semitismo ng mga Griyegong ito sa mga lungsod. Isang Sosthenes ay nabanggit sa I Corinto 1:1; kung siya ay ang katulad na isa o hindi ay di-tiyak, ngunit ito ay pang bihirang pangalan. Ang Sostenes na ito ay kinuha ang lugar ni Crispo bilang pinuno ng sinagoga. Kung bakit siya pinalo ng mga Hudyoay di-tiyak. Maaaring ninayaan niyang magsalita si Pablo sa sinagoga.

▣ **"At hindi man lamang pinansin ni Galion ang mga bagay na ito"** Ang Romanong pampulitikang pinunong ito, na di tulad ni Pilato, ay hindi magpapadala sa karaminihan ng tao.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:18-21

**[18]At si Pablo, pagkatapos na makatira na roong maraming araw, ay nagpaalam sa mga kapatid, at buhat doo'y lumayag na patungo sa Siria, at kasama niya si Priscila at si Aquila: na inahit niya ang kaniyang buhok sa Cencrea; sapagka't siya'y may panata. [19]At sila'y nagsidating sa Efeso, at sila'y iniwan niya doon: datapuwa't pumasok siya sa sinagoga, at nangatuwiran sa mga Hudyo. [20]At nang siya'y pamanhikan nila na tumigil pa roon ng ilang panahon, ay hindi siya pumayag; [21]Kundi nang siya'y nagpaalam sa kanila, at nagsabi, Babalik uli ako sa inyo kung loobin ng Diyos, siya'y naglayag buhat sa Efeso.**

**18:18 "Cencrea"** Ito ay isa sa dalawa daungan sa Corinto. Ito ay matatagpuan sa Dagat Aegeano, sa silangang panig ng makipot na isthmus kung saan ang Corinto ay matatagpuan. Ito ay nabanggit mula bilang ang lugar ng isang iglesiya sa Roma. 16:1.

▣ **"siya'y may panata"** Ito ay tumutukoy sa isang limitadong pagkakasunod-sunod na panata ng Nazarito na inilalarawan sa Mga Bilang 6:1-21 (cf. F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 52). Inulit ito ni Pablo sa Mga Gawa 21:24 (tingnan ang tala dito). Ang paggubit o pag-ahit ng ulot ay ipinapahiwatig ang katapusan ng panata.

Kapwa sina A. T. Robertson at M. R. Vincent ay nag-iisip na ito ay hindi isang Nazaritong panata dahil ito ay maaaring

lamang maihinto sa Herusalem sang-ayon sa kaugalian ng Hudyo. Si Pablo ay nagiging lahat na bagay sa lahat ng tao upang mahikayat ang (cf. I Corinto 9:19-23). Tayo na maaaring tiyak sa ating panata ay para sa pag-e-ebanghelyo, hindi legalismo! At, tiyak, na may palaging posibilidad na si Aquilla ay nag-ahit ng kanyang ulo.

**18:19 "Efeso"** Ito ay isang malaking pangkalakalan lungsod sa kanluranin Asya Minor. Pagkatapos na mawasak ang daungan ng mabanlikan mula sa Ilog Maeandro, ang pangkalakalang komersyo ay lumipat sa baybayin ng Efeso, na isa ding likas na daungan. Sa panahon ng NT ang pinaka magandang panahon yugto sa Efeso ay lumipas na. Ito ay isa paring malaki large at makapangyarihang lungsod, ngunit hindi maikukumpara sa nakalipas nitong kaluwalhatian.

1. Ito ay ang pinakamalaking lungsod ng Romanong lalawigan ng Asya Minor. Ito ay hindi ang kabisera, bagaman ang Romanong gobernador ay naninirahan dito.
2. Ito ay isang pangkalakalan sentro dahil sa ito napakainam na likas na daungan.
3. Ito ay isang malayang lungsod, na pinahihintulan nito na magkaroon ng lokal na pamahalaan at maraming kalayaan, gaya ng kawalan ng garison ng mga Romanong sundalo.
4. Ito lamang ang lungsod na pinahintulutang magdaos ng dalawang taunang mga palarong Asyano.
5. Ito ay lugar ng Templo ni Artemis (Diana sa Latin), na isa sa pitong kahanga-hanga sa mundo sa kanyang panahon. Ito ay 425' x 220' na may127 haligi, na 60' ang taas; 86 sa kanila ay linalatagan ng ginto (tingnan si Pliny, *Hist. Nat.* 36:95ff). Ang larawan ni Artemis ay iniisip na naging isang bulalakaw na katulad ng isang maraming-susong pigura ng babae. Ito ay nangahulugan na maraming pang-kultong mga patutot ang nasa lungsod (cf. Mga Gawa 19). Ito ay isang napaka-immoral, maraming-kulturang lungsod.
6. Nanatili si Pablo sa lungsod na ito nang mahigit sa tatlong taon (cf. Mga Gawa 18:18ff; 20:13).
7. Ang tradisyon ay nagpapahayag na ito ay naging tahanan ni Juan pagkatapos ng kamatayan ni Maria sa Palestina.

▣ **"pumasok siya sa sinagoga, at nangatuwiran sa mga Hudyo"** Inibig ni Pablo ang kanyang bayan (cf. Roma. 9:1-5). Sinubukan niya na walang tigil na maabot sila para sa ebanghelyo.

**18:20** Ang mga Hudyong ito ay tulad ng mga taga-Berea. Sila ay handang makinig. Kung bakit hindi ninais na manatili ni Pablo ay hindi ipinahayag sa teksto, ngunit sa v. 21 ito ay nagpapakita na siya ay nagnanais na bumalik at sa direksyon ng Diyos sa isang panahon pagkatapos.

**18:21 "Babalik uli ako sa inyo kung loobin ng Diyos"** Si Pablo ay naniniwala na ang kanyang buhay ay nasa mga kamay ng Diyos, hindi kanyang sarili (cf. Roma. 1:10; 15:32; I Corinto 4:19; 16:7). Ito ay ang biblikal na pananaw ng mundo (cf. Hebreo 6:3; Santiago 4:15; I Pedro 3:17). Si Pablo ay babalik at ang Efeso ang magiging kanyang pangunahing pagtuon sa pangatlong pang-misyong paglalakbay.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:22-23

**22At nang makalunsad na siya sa Cesarea, ay siya'y umahon at bumati sa iglesiya, at lumusong sa Antioquia. 23At nang makagugol na siya roon ng ilang panahon, ay umalis siya, at tinahak ang lupain ng Galacia, at Frigia, na sunodsunod, na pinagtitibay ang lahat ng mga alagad.**

**18:22** Ang talatang 21 ay nagtapos sa paglalayag ni Pablo mula sa Efeso. Ang talatang 22 ay binangit ang kanyang paglapag sa Palestina (Cesarea) at pagdalaw sa iglesiya sa Herusalem ("siya ay nagtungo," teolohikong pagsasalita) at pagkatapos (pababa) sa Antioquia ng Siria. Ito ay kailangang matandaan na si Lucas ay hindi nagtatala ng isang pang-araw-araw na puspusang itineraryo ng paglalakbay, ngunit tumatalon mula sa isang mahalagang teolohikong pangyayari patungo sa isa pa. Mga Gawa ay hindi makabagong kasaysayan, ngunit ito ay isang mabuti, tiyak na kasaysayan! Ang talatang 22 ay tinapos ang pangalawang pang-misyong paglalakbay at talata 23 ay nagsisimula ang pangatlong pang-misyong paglalakbay.

▣ **"ang iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

▣ **"ang lupain ng Galacia, at Frigia"** Ang pariralang ito "ang rehiyon ng Galacia" ay patuloy na pinagmulan ng pagtatalo sa mga iskolar kung ito ay tumutukoy sa panglahi o pampulitikang mga bahagi sa loob makabagong gitnang Turkey.

Ang rehiyon ng Frigia ay unang na nabanggit sa 2:10. Ang ilan ay nakaranas ng Pentecostes ay mula sa lugar na ito. Si Pablo ay pinagbawalang mangaral sa lugar na ito sa 16:6.

Ang isa ay namamangha kung ang pariralang "pinagtitibay ang lahat ng mga alagad" sa ang susunod na bahagi ng v. 23 ay tumutukoy sa mga naligtas sa Pentecostes sa Frigia o mga naligtas sa pangangaral ni Pablo sa Derbe, Listra, at Iconio, na nasa Pisidian, katimugang bahagi ng ang Romanong lalawigan ng Galacia.

Ito ay ang simula ng pangatlong pang-misyong paglalakbay ni Pablo (cf. 18:23-21:16).

▣ **"pinagtitibay ang lahat ng mga alagad"** Tinatangan ng taimtim ni Pablo ang Dakilang Komisyon ng Mateo 28:19-20. Ang kanyang ministeryo ay kinapapalooban ng kapwa pag-e-ebanghelyo (cf. Mateo 28:19) at pagdi-disipulo (cf. 15:36; Mateo

28:20).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:24-28

**[24]Ngayon ang isang Hudyo na nagngangalang Apolos, na isang Alejandrino sa lahi, at taong marikit mangusap, ay dumating sa Efeso; at siya'y makapangyarihan ukol sa mga kasulatan. [25]Ang taong ito'y tinuruan sa daan ng Panginoon; at palibhasa'y may maningas na espiritu, ay kaniyang sinalita at itinurong maingat ang mga bagay na tungkol kay Hesus, na ang naalaman lamang ay ang bautismo ni Juan: [26]At siya'y nagpasimulang magsalita ng buong tapang sa sinagoga. Datapuwa't nang siya'y marinig ni Priscila at ni Aquila, ay kanilang isinama siya, at isinaysay sa kaniya ang daan ng Panginoon ng lalong maingat. Act 18:27 At nang ibig niyang lumipat sa Acaya, ay pinalakas ng mga kapatid ang kaniyang loob at sila'y nagsisulat sa mga alagad na siya'y tanggapin: at nang siya'y dumating doon, ay lubos na tumulong siya sa mga nagsisampalataya sa pamamagitan ng biyaya; [28]Sapagka't may kapangyarihang dinaig niya ang mga Hudyo, at hayag, na ipinakilala sa pamamagitan ng mga kasulatan na si Hesus ay ang Kristo.**

**18:24-28** Ito ay tila sa isang tala na kaugnay ang alinman sa
1. sina Priscilla at Aquila
2. mga tagasunod Juan de Bautista (ito ay hindi sa pagkakasunod-sunod sa panahon)
3. ang tungkulin nita bilang isang sulat ng pagtatagubilin ni Pablo kay Apolos

**18:24 "ang isang Hudyo na nagngangalang Apolos"** Ito ay lubhang di-karaniwang para sa isang Hudyo na may pangalang hango sa isang Griyegong diyos. Siya ay isang may mataas na pinag-aralan at mangangaral na mahusay magsalita (cf. 18:24-19:1). Ang kanyang ministeryo sa Corinto ay malaking tulong, ngunit naging suliranin nang ang isa sa tatlong mga paksyon (taga-suporta nina Pablo, Pedro, Apolos, cf. I Corinto 1-4) ay kinuah siya bilang kanilang kampeon. Tinanggihan niyang bumalik sa Corinto (cf. I Cor 16:12).

▣ **"na isang Alejandrino sa lahi"** Ito ay ang pangalawang pinakamalaking lungsod ng ang Romanong Emperyo, kilala para sa kanyang malaking akltan at akademikong linamnam. Ito ay may malaking Hudyong populasyon (kung saan ang Hebreong Bibliya ay isalin sa Griyego, ang Septuagint) at ang tahanan ni Philo, isang kilalang Hudyong, neo-Platonist, alegorikong iskolar.

▣ **"dumating sa Efeso"** Ang Mga Gawa ay hindi isang detalyado, magkakasunod-sunod na pagsulat. Si Pablo ay umalis na (cf. v. 23).

▣ **"taong marikit mangusap"** Ang terminong ito sa Koine Griyegong ay maaaring mangahulugang alinman sa mahusay manalita o edukado. Sa Septuagint *logios* ay ginamit sa mga orakulo ng Diyos. Si Apolos ay maliwanag na may mas higit na kaloob sa pangmadlang pagsasalita (Griyegong retorika) kaysa kay Pablo (ihambing ang I Corinto 1:17; 2:1; II Corinto 10:10; at 11:6). Siya ay isang makapangyarihang mangangaral!

▣ **"siya'y makapangyarihan ukol sa mga kasulatan"** Ang terminong "Banal na Kasulatan" ay tumutukoy sa OT (cf. I Thesalonica 2:13; II Timoteo 3:16; I Pedro 1:23-25; II Pedro 1:20-21), na maliban sa II Pedro 3:15-16, kung saan ang mga sulat ni Pablo (sa pamamagitan ng paghahambing) ay inuukol sa kinasihang estado. Nalalaman ni Apolos ang kanyang OT nang may kahusayan.

Ang salitang "makapangyarihan" ay *dunatos*, na ginamit sa kapangyarihan ni salita at mga gawa ni Hesus sa Lucas 24:19, at ni Moises sa Mga Gawa 7:22.

**18:25 "Ang taong ito'y tinuruan"** Ito ay isang PAIKUT-IKOT NA PLUPERFECT BALINTIYAK (cf. Lucas 1:4). Siya sinanay sa mga katuruan ni Hesus, ngunit sa tiyak lamang na antas o panahon/yugto. Curtis Vaughan, *Mga Gawa*, p. 118, tala sa ibaba #2, mga tala ang mga bagay na kilala at ipinangaral ni Apolos.
1. Si Juan ay ang tagapagpauna ng Mesias.
2. Itinuro niya ang Mesias bilang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo.
3. Si Hesus ng Nazareth ay ang Mesias.

Saganang akin, ang pagsisisi ay maaaring nagbibigay-diin sa kanyang pangangaral dahil ito ay kapwa pangangaral nina Juan at Hesus.

▣ **"sa daan ng Panginoon"** "Ang daan" ay ang unang titulo ginamit upang ilarawan ang mga tagasunod ni Hesus sa Mga Gawa (cf. 9:2; 19:9,23; 22:4; 24:14,22; Juan 14:6). Ito ay kadalasang ginagamit sa OT (cf. Deuteronomio 5:32-33; 31:29; Mga Awit 27:11; Isaias 35:8), kung saan ito ay nagsasabi tungkol sa pamumuhay pananampalataya. Ito ay di-tiyak kung ito ay mayroong ganitong kahulugang sa tekstong ito (cf. 18:26).

Nalalaman din ni Apolos ang ilang bagay patungkol kay Hesus, ngunit ay tila ito ay Kanyang sinaunang panlupang ministeryo at hindi ang pagkatapos ng Kalbaryo, pagkatapos na muling pagkabuhay na ebanghelyo.

▣ **"may maningas na espiritu"** Ito sa literal ay "nagniningas sa espiritu." Ang pariralang ito ay nangahulugan ng paglalarawan sa kasigasigan ni Apolos sa kung ano ang kanyang nalalaman at nauunawaan patungkol kay buhay at mga katuruan ni Hesus.

▣ **"na ang naalaman lamang ay ang bautismo ni Juan"** Ang pariralang ito patungkol kay Apolos na maaaring ang pampanitikang pamamaraan na ginamit ni Lucas upang ipakilala ang mga tagasunod ni Juan sa 19:1-7. Maraming maling paniniwala ang lumago sa unang siglong Palestina na kaugnay sa pagtuturo at pangangaral ni Juan de Bautista.

Si Juan ay ang huling OT propeta na naghanda para sa ang pagdaling ng Mesias (cf. Isaias 40:3; Mateo 3:3), ngunit siya ay hindi ang unang mangangaral ng ebanghelyo. Kung ang pagtuon ng pangangaral ni Apolos kay Juan ay labis-labis, samakatuwid ay hindi niya nakita ang lubusang kahalagahan ni Hesus. Kapwa sina Juan at Hesus ay nagbibigay-diin sa "pagsisisi," "pananampalataya," at "maka-Diyos na pamumuhay." Kapwa ay may panimulang panawagan sa mga Hudyo sa isang bagong pangako ng pananampalataya at kasanayan (kasunduang pagkamatapat at personal na pananampalataya kay YHWH). Subalit, ang mensahe ni Hesus ay lumago sa isang matapang na pagbibigay-diin sa Kanyang pangunahing lugar (e.g., Juan 10 at 14), maaaring dito nagkulang si Apolos.

**18:26 "siya'y nagpasimulang magsalita ng buong tapang sa sinagoga"** Ang PANDIWA ay ginamit ni Pablo na nagsasalita sa mga Hudyo sa sinagoga sa 13:46; 14:3; 19:8 at bago kay Festo sa 26:26. Si Apolos ay isang makapangyarihang at mabisang mangangaral.

▣ **"sa sinagoga"** Pansining sina Priscilla at Aquila ay nandito din. Ito ay karaniwang ding karaniwang kaugalian ni Pablo.

▣ **"ni Priscila at ni Aquila"** Siya ay nabanggit muna nang maraming beses, 18:18,26; Roma. 16:3; II Timoteo 4:19. Ito ay lubhang di-karaniwang. Maaaring siya ay may malakas na personalidad o ng Romanong pagkamaharlika. Sa Mga Gawa 18:2, si Aquila ay sinasabing isang Hudyo, ngunit di kailanman kay Priscilla. Sila ay sapilitang umalis sa Roma sa ilalim ng kautusan ni Emperador Claudio noong A.D. 49. Nakilala nila at naging kaibigan si Pablo sa Corinto at sumunod sa kaniya sa Efeso. Silang tatlo ay gumagawa ng mga tolda.

▣ **"kanilang isinama siya"** Ang terminong ito ay ginamit upang ilarawan ang isang tao na sinang-ayunan o tinanggap bilang isang kaibigan. Ito ay di-tiyak kung paano o saan ginawa ito ni Priscilla at Aquila did para kay Apolos. Sila ay maaaring nakapag-usap sa kanya ng pribado o dinala siya sa bahay nila. Pansinin na hindi nila hiniya o hinamon siya sa madla!

▣ **"isinaysay sa kaniya ang daan ng Panginoon ng lalong maingat."** Siya ay madaling turuan, na bihira para sa may kaloob, edukadong mga tao! Siya maliwanag na tumugon sa kanilang mas ganap na impormasyon patungkol kay Hesus.

**18:27 "ibig niyang lumipat sa Acaya"** Ang Griyegong kasulatang D ay nagdadagdag ng "at ang panghihikaya ng mga Kristiyanong taga-Corinto." Siya ay ang kanilang uri ng mangangaral (Griyegong retorikong paraan).

▣ **"mga kapatid… nagsisulat"** Mga sulat ng paghahabilin mula sa isang iglesiya patungo sa isa pang tinutukoy na nasa Roma 16:1; II Corinto 3:1; at II Juan. Ito ay ang paraan ng sinaunang iglesiya na iwasan ang bulaan at mapanirang naglalakbay na mga mangangaral.

▣ **"lubos na tumulong siya sa mga nagsisampalataya sa pamamagitan ng biyaya"** Mayroong dalawa paraan upang maunawaan ang pariralang ito.

1. ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya na naligtas na sa pamamagitan ng biyaya (NASB, NKJV, NRSV, TEV)
2. ito ay tumutukoy sa mapagbiyaya pagpapatibay ng Diyos kay Apolos (NJB)

Ang pangunahing PANDIWA, tumulong, (nag-ambag) ay isang AORIST NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Si Apolos ay isang pagpapala!

Ang KATAGANG "nanampalataya" ay isang GANAP NA TAHAS, na nagpapahiwatig na sila ay mga mananampalataya na. Si Apolos ay gumagawa bilang isang tagapagturo, hindi isang ebanghelista, sa Corinto.

**18:28** Ginamit ni Apolos ang OT na katulad na paraan nina Pedro, Esteban, at Pablo. Ang pagpapakita mula sa OT na si Hesus ay ang Mesias ay isang paulit-ulit na huwaran sa mga pangangaral sa mga Hudyo sa Mga Gawa (tingnan ang tala sa 17:3).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit naitala si Priscilla muna nag lubhang kadalasan sa Bagong Tipan?
2. Paano nakilala ni Pablo sina Priscilla at Aquila? Bakit?
3. Bumalki ba sina Priscilla at Aquila sa Roma? Paano natin malalaman?
4. Ihambing ang mga paraan ng pangangaral nina Pablo at Apolos.
5. Si Apolos ba ay isang Kristyano bago siya dumalaw kina Aquila at Priscilla?

# MGA GAWA 19

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Pablo sa Efeso | Si Pablo sa Efeso | Ang Mahabang Ministeryo ni Pablo sa Efeso | Si Pablo sa Efeso | Ang mga Alagad ni Juan sa Efeso |
| 19:1-7 | 19:1-10 | 19:1-7 | 19:1-2a | 19:1-7 |
| | | | 19:2b | |
| | | | 19:3a | |
| | | | 19:3b | |
| | | | 19:4 | Pagtatag ng Iglesiya sa Efeso |
| | | | 19:5-7 | |
| 19:8-10 | | 19:8-10 | 19:8-10 | 19:8-10 |
| Ang mga Anak ni Sceva | Ang Mga Himala ay Nakakapagluwalhati ka Kristo | | Ang mga Anak ni Sceva | Ang Hudyong Nag-aalis ng Masamang Espiritu |
| 19:11-20 | 19:11-20 | 19:11-20 | 19:11-14 | 19:11-12 |
| | | | | 19:13-17 |
| | | | 19:15 | |
| | | | 19:16-20 | |
| | | | | 19:18-19 |
| | | | | 19:20 |
| Ang Kaguluhan sa Efeso | Ang Kaguluhan sa Efeso | | Ang Kaguluhan sa Efeso | Ang Mga Plano ni Pablo |
| 19:21-27 | 19:21-41 | 19:21-22 | 19:21-22 | 19:21-22 |
| | | | | Efeso: Ang Panggugulo ng mga Panday-pilak |
| | | 19:23-27 | 19:23-27 | 19:23-31 |
| 19:28-41 | | 19:28-41 | 19:28-34 | |
| | | | | 19:32-41 |
| | | | 19:35-41 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:1-7

**[1]At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad: [2]At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap baga ninyo ang Banal na Espiritu nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kaniya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Banal na Espiritu. Act 19:3 At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. [4]At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay Hesus. [5]At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Hesus. [6]At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula. [7]At silang lahat ay may labingdalawang lalake.**

**19:1 "lupaing mataas"** Ito ay tumutukoy sa isang alternatibong dadaanan sa pamamagitan ng mas mataas na (i.e., kataasan) bayan at sa mga iglesiya na nasimulan sa nakalipas na pang-misyong gawain ni Pablo sa Timog Galacia.

▣ **"Efeso"** Michael Magill, *NT TransLine*, p. 413, #25, ay mayroong isang may kabatirang tala.

> "Ito ay ang kabiserang lungsod ng Asya, kung saan si Pablo ay ipinagbabawal na magtungo sa 16:6. Siya nanatili nang kakaunting panahon18:19-21, na nagplanong bumalik. Ngayon, siya ay tumagal ng dalawang taon dito, 19:10."

▣ **"mga alagad"** Ang termino ay nagpapahiwatig na sila ay mga mananampalataya (cf. v. 2, "nang nanampalataya kayo," tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 3:16 at 6:5) kay Hesus bilang ang Mesias sa pamamagitan ng mga mensahe ni Juan de Bautista o maaaring sa pamamagitan ng pangangaral ni Apolos.

Ang Espiritu ay tila ipinadala si Pablo sa mataas na daraang ito para sa tiyak na layunin ng pagtulong sa "mga alagad" upang malaman at maranasan ang lubusang katotohanan ng ebanghelyo.

**19:2 "Tinanggap baga ninyo ang Banal na Espiritu nang kayo'y magsisampalataya"** Ang katotohanan na sila ay tinawag na "mga alagad" (v. 1) at ang pahayag "nang kayo'y nagsisampalataya" ay nagpapahiwatig na sila ay mga mananampalataya. Ang katanungang ito ay nag-uugnay sa (1) ang personal na pagtanggap sa Espiritu at ang panahon na ang isa ay nanampalataya (AORIST NA TAHAS MAY PAHIWATIG at AORIST NA TAHAS KATAGA) at (2) ang panimulang pagkilos ng Espiritu, kung saan walang ni isa ang maaaring manampalataya (cf. Juan 6:44,65; Roma. 8:9). Mayroong mga antas at mga yugto ng gawain ng Espiritu (cf. Mga Gawa 8:11, 15-17). Ang aklat ng Mga Gawa mismo ay kailangang magbabala sa makabagong mga tagapagbigay-kahulugan na huwag maging madoktrina sa "kinakailangang" mga sangkap at pagkakasunod-sunod ng kaligtasan. Ang Mga Gawa ay nagtatala ng kung anong nangyari, kung ano ang kailangang mangyari sa bawat panahon. Ang kaligtasan ay isang personal na pakikipag-ugnayan na kinapapalooban ng buong persona, ngunit kadalasang ito ay isang lumalagong karanasan habang ang pakikipag-ugnayan ay lumalalim at mas maraming impormasyon sa Kasalutan ang naunawaan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:40.

▣ **"Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Banal na Espiritu"** Ang pangangaral ni Juan ay maaaring hindi nakapagbung ng espiritwal na epekto na wala ang Espiritu (cf. Roma. 8:6-11; I Corinto 12:3; I Juan 4:2). Nabanggit ni Juan ang Espiritu sa kanyang pangangaral (cf. Mateo 3:11; Marcos 1:8; Lucas 3:16; Juan 1:32-33), ngunit ito ay kailangang tandaan na kanyang ay isang mensahe ng paghahanda, hindi katuparan (cf. Isaias 40:3; Mateo 3:3). Si Juan ang huling OT propeta at pansamantalang mangangaral at tagapaghanda para sa darating na Mesias. Kanyang itinuturo sa mga tao si Hesus (cf. Juan 1:19-42).

**19:3 "Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan"** Sila ay mga tagasunod ni Juan de Bautista. Tila sila ay matapat sa liwanag na kanilang tagaly, ngunit nangangailagang pa nang mas lalong paglilinaw patungkol sa buhay, kamatayan, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit (i.e., ang ebanghelyo) niHesus, tulad ng kay Apolos (cf. 18:24-28).

**19:3-4 "Sa bautismo ni Juan"** Ang bautismo ni Juan ay kinapapalooban ng pagsisisi at pag-asa (cf. Mateo 3:11; Marcos 1:15). Subalit, ito ay kailangang malubos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus. Mula sa kasaysayan nalalaman natin na mayroong maraming maling pananampalataya na mga pangkat na nabuo noong unang siglo na nag-aangkin na mga tagasunod ni Juan de Bautista (*Recognitions of Clement*, kabanata 60). Ang pagtatala ng salaysay na ito ay maaaring ang paraan ni Lucas sa pagpapawalang-bisa sa mga pangkat na ito. Ang ministeryo ni Juan ay nagtuturo ng palabas sa kanya at patungo kay Hesus (cf.

Juan 1:19-42).

**19:4 "magsisampalataya sa Kanya"** Tingnan ang Natatanging mga Paksa: Pananampalataya sa 3:16 at 6:5.

**19:5 "nangapabautismo sila"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:38.

▣ **"sa pangalan ng Panginoong Hesus"** Inilalarawan ni Lucas ang bautismo bilang "sa ang pangalan ni Hesus" (cf. 2:38; 8:12,16; 10:48). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ng Panginoon sa 2:21. Si Mateo ay inilalarawan ang bautismo bilang "sa ang pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu" (cf. Mateo 28:19). Ang pormula ng bautismo ay hindi ang susi sa kaligtasan, ngunit ang puso ng tao na binabautismuhan. Ang tingnan ang pormula bilang ang susi ay upang ilagay ang pagbibigay-diin sa maling lugar. Ang kaligtasan ay hindi ang kawastuhan ng isang ritwal sa sakramento, ngunit isang pagpasok sa isang pagsisisi/pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay Hesus. Tingnan ang tala sa 2:38.

Sa ganang atin, si Apolos, na kilala lamang ang bautismo ng Juan, ay hindi muling nabautismuhan! Ang Espiritu ay maliwanag sa kanyang makapangyarihang pangangaral at pagtuturo.

**19:6 "nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu"** Ang pagpapatong ng kamay ay kadalasang nabanggit na may kaugnayan sa Espiritu (cf. 8:16-17; 9:17), ngunit hindi palagi (cf. 10:44, tingnan ang Natatanging Paksa sa :6). Ang Bibliya ay inuugnay ang Espiritu sa mananampalataya sa tatlong iba't-ibang mga paraan:

1. sa panahon ng pananampalataya
2. sa panahon ng bautismo
3. sa pagpapatong ng mga kamay

Ang sari-saring uring ito ay nagbababala sa atin laban sa dogmatismo sa paksa. Mga Gawa ay hindi nilalayon na ituro ang isang nagtatakdang huwaran, ngunit upang ilarawan ang makapangyarihang pagkilos ng Espiritu.

Kailangan kong aminin na labindalawang mga alagad ni Juan na nagsasalita ng mga wika ay kamangha-mangha sa akin. Kadalasan sa Mga Gawa, ang mga wika ay katibayan para sa mga nanampalatayang Hudyong tagapagpahayag na ang Diyos

1. ay mayroong tinanggap na isang bagong pangkat o
2. ay sinisira ang isang heograpikong hadlang (tingnan ang buong tala sa 2:4b)

Anong bagong pangkat ang kinakatawan ng mga taong ito? Sila ay mga alagad na (cf. v. 1). Bakit pinili ni Lucas na itala ang pangyayaring ito? Pinili niya itong ipakilala kasama si Apolos sa kabanata 18. Hindi ito aakma na huwaran, na maaaring nangangahulugan na ang makabagong mga tagapagpaliwanag ay sinusubukang iakma ang isang adyenda o pangkahulugang paksa sa sulat ni Lucas na hindi naman umaakma! Maaaring ang pangyayaring ito ng pagsasalita ng mga wika ay mas katulad ng mga nasa Corinto!

Mayroong isang nakakawili kaibahan sa paraan ng NT sa paglalarawan ng pagdating ng Espiritu sa mga tao.

1. matagpuan (*erchomai* na may *epi*), cf. Mateo 3:16; Lucas 19:6 [*epi* lamang, 2:25]
2. nabautismuhan, cf. Mateo 3:11; Marcos 1:8; Lucas 3:16; 11:16; Juan 1:33; Mga Gawa 1:5
3. pumanaog, cf. Mateo 3:16; Marcos 1:10; Lucas 3:22
4. dumating (*eperchomai* plus *epi*), cf. Lucas 1:35; Mga Gawa 1:8
5. napuspos, cf. Lucas 1:15,41,67; Mga Gawa 2:4; 4:8,31; 9:17; 13:9,52
6. nabuhos (*ekcheō*), cf. Mga Gawa 2:17-18,33; 10:45; Tito 3:6
7. tinanggap, cf. Mga Gawa 2:33,38; 8:15,17,19; 10:47; 19:2
8. ibinigay, Mga Gawa 5:32; 10:45; 15:8
9. dumaluyong (*epipiptō*), cf. Mga Gawa 8:16; 10:44; 11:15

▣ **"at nagsipanghula"** Ang terminong ito ay mayroong OT na mga kahulugan ng kalugod-lugod na pag-uugali (cf. I Samuel 10:10-12; 19:23-24). Ang konteksto ay nagtataguyod ng ganitong pagbibigay-kahulugan. Subalit, ang terminon ito sa I & II Corinto (cf. I Corinto 11:4,5,9; 14:1,3,4,5,24,31,39) ay nagpapahiwatig na isang matapang na pamamahayag ng ebanghelyo. Ito ay mahirap bigyang-kahulugan sa propesiya ng NT. Yamang ang pagpupuspos ng Espiritu ay kadalasang inuugnay sa isang matapang na pamamahayag ng ebanghelyo, ito ay maaaring ang layon din ang konteksto. Tingnan ang Natatanging Paksa: Propesiya sa NT sa 11:27.

**19:7 "At silang lahat ay may labingdalawang lalake"** Labindalawa ay isa sa maraming mga bilang nakadalasang ginamit na simboliko sa Bibliya, ngunit dito ito ay tila pang kasaysayan. Tingnan ang Natatanging mga Paksa: Labindalawa sa 1:22 at Mga Simbolikong Bilang sa Banal na Kasulatan at 1:3.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:8-10

**[8]At siya'y pumasok sa sinagoga, at nagsalitang may katapangan sa loob ng tatlong buwan, na nangangatuwiran at nanghihikayat tungkol sa mga bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos. [9]Datapuwa't nang magsipagmatigas ang ilan at**

**ayaw magsipaniwala, na pinagsasalitaan ng masama ang Daan sa harapan ng karamihan, ay umalis siya sa kanila, at inihiwalay ang mga alagad, na nangangatuwiran araw-araw sa paaralan ni Tiranno. [10]At ito'y tumagal sa loob ng dalawang taon; ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan sa Asya ay nangakarinig ng salita ng Panginoon, ang mga Hudyo at gayon din ang mga Griyego.**

**19:8 "siya'y pumasok sa sinagoga"** Ito ay kanyang pamantayang huwaran (cf. 9:20; 13:5,14; 14:1; 17:2, 10; 18:4,19,26).

▣ **"nagsalitang may katapangan sa loob"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ito ay isa sa mga bunga ng "napuspos ng Espiritu" (cf. 4:13,29,31; 9:28,29; 14:3; 18:26). Ipinagpanalangin ni Pablo ang bagay na ito sa Efeso 6:19.

▣ **"tatlong buwan"** Ang sinagogang ito sa Efeso ay tila pinahintulutan si Pablo na mangaral, magturo, at dahilan na nasa kanila nang maraming Sabbath. Ito sa kanyang sarili ay nagpapakita isang antas ng pagkabukas ng ebanghelyo at isang pagpugay sa mga kakayahang ipinagkaloob ng Diyos kay Pablo.

▣ **"sa kaharian ng Diyos"** Ito ay ang sentrong paksa ng pangangaral ni Hesus. Ito ay tumutukoy sa paghaharin ng Diyos sa tao nabubuhay ngayon na sa isang araw ay magkakaroon ng kalubusan sa lahat ng nasa lupa, na gaya ng sa langit (cf. Mateo 6:10). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

**19:9 "nang magsipagmatigas ang ilan at ayaw magsipaniwala"** Ang lahat ng nakapakinig sa ebanghelyo ay may pagpili (cf. 17:32, 34). Ito ay ay ipinapaliwanag sa parabula ng tagahasik ng binhi (cf. Mateo 13; Marcos 4). Ito ay ang hiwaga ng kalikuan o kasalanan (cf. II Corinto 4:4).

Ang terminong "pinatigas" (*sklērunō*) ay isang DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (ang pagsuway ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG), na nagpapahiwatig ng simula ng isang pagkilos o isang paulit-ulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ito ay tiyak na salitang ginamit sa Roma. 9:18 upang ilarawan ang pagpapatigas ng Diyos sa puso ng Israel at ang paulit-ulit din na PANDIWA sa Hebreo 3 at 4 (cf. 3:8,13,15; 4:7) na tumatalakay sa katigasan ng puso ng Israel sa panahon ng ang Yugto ng Paglalagalang sa Ilang. Hindi tahas na pinatigas ng Diyos ang mga puso ng mga tao na iniibig Niya at linikha niya sa Kanyang larawan, ngunit pinahintulutan Niya ang paghihimagsik ng tao na maihayag sa kanyang sarili (cf. Roma. 1:24,26,28) at pansariling kasamaan upang impluwensyahan ang Kanyang nilalang (cf. Efeso 2:1-3; 4:14; 6:10-18).

▣ **"pinagsasalitaan ng masama ang Daan sa harapan ng karamihan"** Ang ebanghelyo ay lubhang radikal ang kaibahan mula sa pagiging natatangi at isipan ng pagkiling sa pagsasagawa ay nagtatakda ng Judaismo na walang posibleng karaniwang sandigan kung tatanggihan ang pangunahaing mga aral ng ebanghelyo.

Ang paulit-ulit na huwaran ni Lucas ng napusok na Hudyong paglaban sa ebanghelyo ay nagpapatuloy (cf. 13:46-48; 18:5-7; 19:8-10; 28:23-28).

▣ **"ang Daan"** Tingnan ang mga tala sa 18:25 at 19:23.

▣ **"sa paaralan ni Tiranno"** Ang codex Bezae, D, mula sa ika-5 siglo, ay idinagdag na si Pablo ay nagturo mula sa 11:00 a.m. hanggang 4:00 p.m., kapat ang karamihan sa lungsod ay may isang pahingang yugto at mayroong gusalit. Ito ay maaaring isang bagay ng pasalitang (oral) tradisyon. Si Pablo ay magtatrabaho sa kanyang pangangalakal sa panahon ng karaniwang oras ng pangangalakal at magturo sa panahon ng pahingang yugto (cf. 20:34).

Mayroong maraming mga teoriya sa pagkakakilanlan ng Tiranno.

1. Siya ay isang sopista na nabanggit ni Suidas. Si Suidas nagsulat noong ika-10 siglo, ngunit gumamit ng mapagkakatiwalaang pinagkuna pabalik sa klasikong panahon. Kanyang pampanitikang gawa ay tulad ng isang ensiklopedia sa pampulitika, pampanitikan, at eklesiastikong mga tao.
2. Siya ay isang Hudyong rabbi (Meyer) na nagpapatakbo ng isang pribadong paaralan para sa pagtuturo ng kautusan ni Moises, ngunit walang tekstwal na katibayan para sa kalalagayang ito.
3. Ito ay isang gusali na sa orihinal ay isang himnasyo ngunit sa huli ay isang bulwagan sa pagtuturo na inari sa pamamagitan ng o ipinangalang kay Tiranno.

Si Pablo ay kailangang lisanin ang sinagoga at tila may napakamaraming mga naligtas sa paggamit ng isang bahay, kaya siya umupa ng isang bulwagan sa pagtuturo. Ito ang nagpahintulot sa kanya ng ilang nakilala sa populasyon ng Efeso.

**19:10 "dalawang taon"** Sa 20:31 ipinahayag ni Pablo ang haba ng kanyang buong panahon sa lalawigan (tatlong taon).

▣ **"ang lahat ng mga nagsisitahan sa Asya ay nangakarinig ng salita ng Panginoon"** Ito ay isang maliwanag na eksaherasyon. Si Hesus ay kadalasang ay nagsasalita ng mga labis na pangungausap. Ito ay karaniwang bahagi ng pangwikaing kalikasan ng silangang panitikan.

## NATATANGING PAKSA: SILANGANING PANITIKAN

Ang Malaking Larawan – Mga Biblikal na Kabalintunaan

1. Ang kabatirang ito ay naging napakalaking tulong sa aking bilang isang nagmamahal at nagtitiwala sa Bibliya bilang salita ng Diyos. Sa pagtatangkang tingnan Bibliya nang mataimtim ito ay naging maliwanag na ang magkakaibang mga talata ay naghahayag ng katotohanan sa pinili, sa hindi sistematikong pamamaraan. Ang isang kinasihang talaga ay hindi maibabaliwala o mapapababa ang iba pang kinasihang talata! Ang katotohanan ang dumadating sa pagkakaalam ng lahat ng Banal na Kasulatan (lahat Banal na Kasulatan, hindi lamang ng ilan, ang kinasihan, cf. II Timoteo 3:16-17), na hindi sinisipi ng isang talata (pagpapatunay-talata)!
2. Karamihan ng mga biblikal na katotohanan (silanganing panitikan) ay ipinahahayag sa dialektiko o mga tambalang kabalintunaan (tandaan ang mga NT may-akda, maliban sa Lucas, ay mga Hebreong palaisip, na nagsusulat sa karaniwang Griyego. Ang Pang-karunungang Panitikan at Patulang Panitikan ay nagpapakilala ng katotohanan sa magkatulad ng linya. Ang antitetikong pagkakatulad ay maituturing tulad ng isang kabalintunaan. Ang sintetikong pagkakatulad ay maituturing bilang magkakatulad ng mga talata). Sa kabilang banda, kapwa ay totoong magkatumbas! Ang mga kabalintunaang ito ay masakit sa ating mga tinatampok, at payak ng mga tradisyon!
   a. Pagtatalaga (predistination) laban sa malayang pagpili ng tao
   b. katiyakan ng mananampalataya laban sa pangangailangan para sa pagpapagal/pagtitiis
   c. orihinal na kasalanan laban sa sinandyang kasalanan
   d. si Hesus bilang Diyos laban sa si Hesus bilang tao
   e. si Hesus bilang katumbas ng Ama laban sa Hesus bilang mas mababa sa Ama
   f. Ang Bibliya bilang salita ng Diyos laban sa pag-aakda ng tao
   g. Kawalan ng kasalanan (walang pagkakamali, cf. Roma 6) laban sa pagkaunti ng kasalanan
   h. panimulang kagyat na pag-aaring-ganp at pagpapaging-banal laban sa umuunlad na pagpapaging-banal
   i. pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya (Roma 4) laban sa pag-aaring-ganap na napatunayan ng mga gawa (cf. Santiago 2:14-26)
   j. Kalayaang pang-Kristiyano (cf. Roma 14:1-23; I Corinto 8:1-13; 10:23-33) laban sa pananagutang pang-Kristiyano (cf. Galacia 5:16-21; Efeso 4:1)
   k. Ang kahigitan ng Diyos laban sa Kanyang katangian
   l. Ang Diyos bilang lubusang di-makikilala laban sa makikilala sa Banal na Kasulatan at kay Kristo
   m. Maraming mga talinghaga ni Pablo sa kaligtasan
      (1) pagkukupkop
      (2) pagiging-banal
      (3) pag-aaring-ganap
      (4) pagtubos
      (5) pagluluwalhati
      (6) pagtatalaga
      (7) pagkakasundo
   n. ang kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan laban sa hinaharap na katuparan
   o. pagsisisi bilang isang kaloob ng Diyos laban sa pagsisisi bilang isang inuutos na pagtugon para sa kaligtasan (cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21)
   p. ang OT ay pamalagian laban sa ang OT ay lumipas na at ito ay walang halaga at walang kabuluhan (cf. Mateo 3:17-19 laban sa 5:21-48; Roma 7 laban sa Galacia 3)
   q. ang mga mananampalataya ay mga lingkod/alipin o mga anak/tagapagmana

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:11-20

**11At gumawa ang Diyos ng mga tanging himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo: 12Ano pa't ang mga
panyo o mga tapi na mapadaiti sa kaniyang katawan ay dinadala sa mga may-sakit, at nawawala sa kanila ang mga
sakit, at nangagsisilabas ang masasamang espiritu. 13Datapuwa't ilan sa mga Hudyong pagalagala na
nagsisipagpalayas ng masasamang espiritu, ay nagsipangahas na sambitlain ang pangalan ng Panginoong Hesus sa
mga may masasamang espiritu, na nagsisipagsabi, Ipinamamanhik ko sa inyo sa pamamagitan ni Hesus na siyang
ipinangangaral ni Pablo. 14At may pitong anak na lalake ang isang Esceva na Hudyo, isang pangulong saserdote, na
nagsisigawa nito. 15At sumagot ang masamang espiritu at sa kanila'y sinabi, Nakikilala ko si Hesus, at nakikilala ko si
Pablo; datapuwa't sino-sino kayo? 16At ang taong kinaroroonan ng masamang espiritu ay lumukso sa kanila, at sila'y
kaniyang natalo, at nadaig sila, ano pa't nagsitakas sila sa bahay na yaon na mga hubo't hubad at mga sugatan. 17At
nahayag ito sa lahat, sa mga Hudyo at gayon din sa mga Griyego, na nangananahanan sa Efeso; at sinidlan silang
lahat ng takot, at pinadakila ang pangalan ng Panginoong Hesus. 18Marami rin naman sa mga nagsisampalataya na
ang nagsidating, na ipinahahayag at isinasaysay ang kanilang mga gawain. 19At hindi kakaunti sa mga nagsisigamit ng
mga kabihasnang magica ay nagsipagtipon ng kanilang mga aklat, at pinagsusunog sa paningin ng lahat; at kanilang**

**binilang ang halaga niyaon, at nasumpungang may limampung libong putol na pilak. [20]Sa gayo'y lumagong totoo ang salita ng Panginoon at nanaig.**

**19:11** Ito ay hindi ang unang panahon na ginamit ng Diyos ang mga di-pagkaraniwang mga himala upang pagtibayin ang Kanyang katotohanan at Kanyang tagapagsalita (cf. 3:1-10; 5:15; 8:6,13; 9:40- 42; 13:11-12; 14:8-11). Ang pamahiin at okultong mga kasanayan ay malaganap at nakabaon sa Efeso. Ang Diyos, na mayaman sa kahabagan, ay pinahintulog ang Kanyang higit sa karaniwan kapangyarihan at awtoridad, nanananahan sa Kanyang Mesias, upnag ipahayag ang kanyang sarili sa pamamagitan ng Pablo mga taong nakagapos kay Satanas. O, ang kahabagan ng Diyos!

**19:12 "mga panyo"** Ito ay maaaring telang pamunas ng pawis na nakatali sa palibot ng ulo sa panahon ng paggawa.

▣ **"mga tapi"** Ito ay tumutukoy sa mga tapis na panggawa, na halos katulad ng mga tapi ng anluwagi. Ang mga pagpapagaling na ito ay nagpapakita ng kahabagan, kapangyarihan ng Diyos, at nagpapatibay ng ebanghelyo at ang ministeryo ni Pablo.

▣ **"nangagsisilabas ang masasamang espiritu"** Dito, ang mga demyong ito (cf. Lucas 10:17) ay tinawag na "masasamang espiritu" (cf. Mateo 12:45; Lucas 7:21; 8:2; 11:26; Mga Gawa 19:12,13,15,16). Ngunit tinawag din sila ni Lucas na "di-malinis na mga espiritu" (cf. 5:16; 8:7; tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 5:3 at 5:16). Sa Mga Gawa 16:16 ang demonyo ay tinawag na "ang espiritu ng python (panghuhula)." Ang lahat ng mga pariralang ito ay tila magkasing-kahulugan.

Si Pablo ay kadalasang nagsasalita ng mga kaurian ng demonyo tulad ng "lahat pamumuno at awtoridad at kapangyarihan at kapamahalaan" (Efeso 1:21), "ang pinuno at mga awtoridad sa makalangit na mga *lugar*" (Efeso 3:10), o "laban sa mga pinuno, laban sa kapangyarihan, laban sa mga pwersa ng mundo ng kadilimang ito, laban sa espiritwal na *mga kapangyarihan* ng kabuktutan sa ang makalangit na mga *lugar*" (Efeso 6:12). Ito ay tumutukoy sa ilang mga antas ng kalipunan ng mga demonikong espiritu. Ngunit kung paano, bakit, saan, at sino ay haka-hakang lahat dahil ang Bibliya ay hindi piniling ihayag ang tiyak na paglalarawan ng espiritwal na mundo. Maliwanag na inihahayag nito ang kapangyarihan ni Kristo (at Kanyang mga Apostol) kay Satanas at kanyang kaharian ng kadiliman at kamatayan. Ang "pangalan" ni Hesus mas mataas sa bawat pangalan! Ang makilala Siya ay nagbubunga ng kaligtasan, kapayapaan, kabuuan, pagpapanumbalik, at kalusugan.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA ANGHEL SA MGA SULAT NI PABLO

Ang mga rabbi ay ipinagpapalagay na mga anghel ay naninibugho sa pag-ibig at pagbibigay-pansin ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan at, samakatuwid, ay laban sa kanila. Ang Gnostikong bulaang mga guro ay nagpapahayag na ang kaligtasan ay makukuha lamang sa pamamagitan ng mga lihim na mga hudyat ng mga kalabang pang-anghel na nasasakupan (cf. Colossians at Ephesians), na tutungo sa mataas na-diyos.

Si George Eldon Ladd ay mayroong isang mabuti buod sa mga terminong ginamit ni Pablo para sa mga anghel sa kanyang aklat *One Theology of the New Testament*: "Si Pablo ay tumutukoy sa hindi lamang sa mabuti at masamang mga anghel, sa Satanas at sa mga demonyo; ginagamit niya ang isa pang pangkat ng mga salitang upang italaga ang mga maka-anghel na espiritu. Ang terminolohiya ay ang mga sumusunod:

'Kapamahalaan' [*arche*], I Corinto 15:24; Efeso 1:21; Colosas 2:10

'mga Kapamahalaan' [*archai*; RSV, "mga pamunuan'], Efeso 3:10; 6:12; Colosas 1:16; 2:15; Roma. 8:38

'Kapangyarihan' [*exousia*], I Corinto 15:24; Efeso 1:21; Colosas 2:10

'mga Kapangyarihan' [*exousiai*; RSV, "mga kapamahalaan"], Efeso 1:21

'Kapangyarihan' [*dynamis*], I Corinto 15:24; Efeso 1:21

'mga Kapangyarihan' [*dynameis*], Roma. 8:38

'mga Luklukan [*thronoi*], Colosas 1:16

'pagkasakop' [*kyriotes*; RSV, "mga kapamahalaan"], Efeso 1:21

'mga pagkasakop' [*kyriotetes*], Colosas 1:16

'espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan,' Efeso 6:12

'Ang espiritwal na (mga hukbo) ng kasamaan sa kaitaasan,'

Efeso 6:12 'Ang kapangyarihan ng kadiliman,' Colosas 1:13

'sa bawa't pangalan na ipinangungusap,' Efeso 1:21

'angasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa,' Filipos 2:10" (p. 401).

**19:13-16 "Hudyong pagalagala na nagsisipagpalayas ng masasamang espiritu,"** Ang Hudyong nagpapalayas ng

masasamang espiritu ay karaniwan (cf. Lucas 11:19). Sa kontekstong ito, maliwanag na nagpapakita pagpapalayas ng masamang espiritu ay hindi sa pamamagitan ng pormula ng mahika (mga pangalan), ngunit sa pamamagitan ng personal na pakikipag-ugnayan kay Hesus. Kung ang talatang ito ay hindi lubhang malungkot ito ay maaaring nakakatawa! Sinabi ni Josephus na ang isang Hudyong pagpapalayas ng masamang espiritung ritwal sa *Antiq.* 8.2.5 ng isang Eleazar, ay gumagamit ng mga bulong ni Solomon.

**19:13 "masasamang espiritu"** Ito ay tumutukoy sa demonyo. Ang NT ay kadalasang nagpapahayag ng gantinong espiritwal na katotohanan, ngunit hindi tinatalakay ang simula nito o mga detalye patungkol sa pagkakabuo nito o mga gawawin. Pagkamausisa, pagkatakot, at praktikal na pangangailangan sa minesteryo ay nagdudulot nang maraming haka-haka. Walang isang kaloob ng pagpapalayas ng masamang espiritu ang nakatala sa NT, ngunit ang pangangailangan ay maliwanag. Ang ilang makakatulong na aklat ay

1. *Christian Counseling and the Occult* ni Kouch
2. *Biblical Demonology* and *Demons of the World Today* ni Unger
3. *Principalities and Powers* ni Montgomery
4. *Christ and the Powers* ni Hendrik Berkhof
5. Three *Crucial Questions About Spiritual Warfare* ni Clinton E. Arnold

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Demonyo sa 5:16.

**19:14 "ng isang Esceva na Hudyo, isang pangulong saserdote"** Ang mga makabagong iskolar ay hindi makita ang pangalang ito sa kahit-anong ibang mga kasulatan. Ito ay suliranin para sa isang Hudyong mataas na saserdote (*archiereus*) na nasa Efeso. Mayroong isang lokal na sinagoga, ngunit ang tanging Hudyong templo ay sa Herusalem. Ginagamit ni Lucas itong salitang ito nang maraming beses sa kanyang Ebanghelyo at Mga Gawa para sa Punong Saserdote at kanyang pamilya sa Herusalem.

Ang ilang haka-haka na ang taong ito ay sa anumang paraan ay nauugnay sa pamilya ng ng Punong Saserdote, o maaaring pinuno ng isa sa dawalampu't-apat na mga antas ng mga saserdote ay itinakda ni David (cf. I Cronica 24:7-19).

Kung ang taong ito at kanyang mga anak ay mga saserdote, ito ay nakakagulat na sila ay hindi ginamit si YHWH bilang makapangyarihang pangalan sa pagpigil ng mga espiritu na gaya ng mahika o okulto.

**19:15 "Nakikilala ko si Hesus, at nakikilala ko si Pablo"** Ang unang pandiwa PANDIWA ay *ginōskō;* ang pangalawang ay *epistamai*. Sila ay sa anumang paraan ay magkasingkahulugan. Kapwa kadalasang ginagamit sa Mga Gawa, ngunit sa sa kontekstong ito ay maliwanag na isang pagkakaiba ang ginawa sa pagitan ng kaalaman ng demonyo patungkol kay Hesus bilang ang Kristo at si Pablo bilang Kanyang tagapagsalita.

**19:17** Tinala ni Lucas ang salaysay na ito upang ipakita kung papaano itinataas ng Espiritu (DI-GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG) si Hesus (cf. Juan 14:25; 16:13-14).

**19:18 "sa mga nagsisampalataya"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA KATAGA. Ang katanungan ay, sila ba ay mananampalataya sa okulto o ang pariralang ito ay tumutukoy sa kanilang bagong paniniwala sa ebanghelyo? Ito na maaaring bagong mga mananampalataya rin sa ebanghelyo ay sa pasimula ay naimpluwensiyahan ng kanilang nakalipas na mga pamahiin. Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong mga Panahunan ng Pandiwa na Ginamit para sa Ang kaligtasan sa 2:40.

Ang mga nakalipas na nagsasagawa ng okulto ay maaaring napaniwala sa sa kung ano ang nangyari Hudyong nagpapaalis ng masasamant espiritu sa vv. 13-16. Ang mensahe ng pangyayaring ito, na nagpapakita ng kapangyarihan ng persona/pangalan ng Hesus, ay madaling lumaganap (cf. v. 17). Ang mga taong ito ay lubhang nagkaroon ng kamalayan sa ang kapangyarihan ng "ang pangalan."

▣ **"ang nagsidating"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG.

▣ **"na ipinahahayag at isinasaysay ang kanilang mga gawain"** Ang sinaunang Mediterraneano ay tigib sa okulto. Ito ay karaniwan paniniwala na ang paghahayag na ang isang pormula ng mahika ay ginawamade itong walang-saysay. Ito ay kanilang daan sa pagtatakuwil ng kanilang nakalipas na mga gawaing pang-okulto. Mayroong isang uri ng kilalang mahikang panitikan sa sinaunang mundo tinawag na "mga sulat sa Efeso"! Ang pangyayaring ito ay nagpapakita ng kahigitan ng ebanghelyo laban sa mga okulto (cf. v. 20).

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN

A. Mayroong dalawang anyo ang katulad na Griyegong salitang-ugat na ginamit pagpapahayag ng kasalanan o pagpapahayag ng pananampalataya, *homolegeō* at *exomologe*. Ang tambalang salita ay mula sa *homo,* katulad; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang panimulang kahulugan ay sabihin ang katulad na bagay, sumang-ayon. Ang *ex* na ay nagdadagdag sa ideya ng pangmadlang pamamahayag.

B. Ang Ingles na mga salin ng pangkat ng salitang ito ay
 1. magpuri
 2. sumang-ayon
 3. magpahayag (cf. Mateo 7:23)
 4. pagtatapat
 5. paghingi ng kapatawaran
C. Ang pangkat ng salitang ito ay may dalawang ay tila magkaibang pagkakagamit
 1. magpuri (Diyos)
 2. aminin ang kasalanan

 Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.
D. Ang mga pagkagamit sa NT ng pangkat ng salita ay
 1. mangako (cf. Mateo 14:7; Gawa 7:17)
 2. pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
 3. magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; Roma 14:11; 15:9)
 4. pagsang-ayon sa
  a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; Roma 10:9; Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
  b. isang katotohanan (cf. Gawa 23:8; II Corinto 11:13; I Juan 4:2)
 5. gumawa ng isang pangmadlang pamamahayag ng (legal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan, cf. Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
  a. walang pag-amin ng kasalanan (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
  b. may pag-amin ng kasalanan (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

**19:19 "mahika"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:9.

Ang "mga aklat" (*biblous*) ay maaaring tumutukoy sa mga malalaking aklat o maliit na mga balumbon ng papyri kung saan ang mga panata o sumpa ay naisulat. Ang mga ito ay isisusuot bilang mga agimat. Ang malaking halaga ay nagpapakita (1) kung gaano kapamahiin ang mga taong ito at (2) kung paano ang ebanghelyo nagtatakda ng kanilang kalayaan!

▣ **"pinagsusunog sa paningin ng lahat"** Ang mga ito lubhang mamahalin at talagang hinahanap na mga aklat at mga kasulatan. Ang kanilang pagsusunog ay ang bagong mga mananampalatayang pangmadlang pagsisisi at pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo, hindi "ang mga kapangyarihan"!

**19:20** Ang mensahe ng ebanghelyo ay isinabuhay (i.e., ang salitang ng Panginoon) at binuod. Ang mgaa pagbubuod ay makakatulog sa atin sa paghahati ng Mga Gawa sa anim na bahagi (cf. 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20; 28:31).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:21-22

**[21]Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, ay ipinasiya ni Pablo sa espiritu, nang matahak na niya ang Macedonia at ang Acaya, na pumaroon sa Herusalem, na sinasabi, Pagkapanggaling ko roon, ay kinakailangang makita ko naman ang Roma. [22]At nang maisugo na niya sa Macedonia ang dalawa sa nagsisipaglingkod sa kaniya, na si Timoteo at si Erasto, siya rin ay natirang ilang panahon sa Asya.**

**19:21**
**NASB** **"ipinasiya ni Pablo sa espiritu"**
**NKJV** **"ipinasiya ni Pablo sa Espiritu"**
**NRSV** **"itinalaga ni Pablo sa Espiritu"**
**TEV, NJB** **"pinagpasyahan ni Pablo"**
**TEV (tala sa ibaba)** **"si Pablo, na pinangunahan ng Espiritu, ay nagpasiya"**

Dito ay isang pagsasama ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan's freewill. Ito ay di-tiyak kung ang paggamit nito ng terminong "espiritu" ay tumutukoy sa:
 1. Ang Banal na Espiritu o
 2. ang espiritu ng tao (cf. 7:59; 17:16; 18:25; Roma. 1:9; 8:16; I Corinto 2:11; 5:4; 16:18; II Corinto 2:11; 7:13; 12:18; Galacia 6:18; Filipos 4:23).

Kung ito ay ang Banal na Espiritu, ito ay isa pang halimbawa ng maka-Diyos na pamunuan isinasapat sa nararapat na pagtugon ng tao.

Si Lucas ay kadalasang mayroong isang maikling puna sa panimula ng mga pangyayari na nangyari pagkatapos ng sa kanyang pagsasalaysay. Ito ay tiyakang maaari na si Lucas ay mayroong pagpapasya kay Pablo na magtungo sa Herusalem bilang isang bunga ng pamumuno ng Diyos (i.e., *mamatay*, v. 21; tingnang ang buong tala sa 1:16), hindi bilang bunga ng pagkakagulo na

idinulot ni Demetrio at ng mga samahan ng mga panday-pilak sa Efeso (cf. vv. 23-41).

▣ **"kinakailangang makita ko naman ang Roma"** Kinakailangan ni Pablo (*dei*) na dumalaw sa iglesiya sa Roma (cf. 9:15; Roma. 1:10) sa kanyang daan sa Espanya (cf. Roma. 15:24, 28). Nagnanais siya sa Kanila na makilala siya at tulungan ang kanyang gawaing pang-misyon. Siya din ay nagnanais na idagdag kanyang pagpapala/kaloob sa kanilang kalagayan.

**19:22 "Erasto"** Mayroong isang lalaki na ang pangalan aynabanggit sa Roma. 16:23. Siya ay tinawag na ingat-yaman ng lungsod sa Corinto. Ang pangalang ito ay makikita muli saII Timoteo 4:20. Ito ay maaaring tumutukoy sa parehong tao, ngunit ito ay di-tiyak.

▣ **"siya rin ay natirang ilang panahon sa Asya"** Ang ebanghelyo ay maluwalhating lumaganap, nakakaapekto at nakakapagpabago ng lalawigan (cf. I Corinto 16:9).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:23-27

**23At halos nang panahong yao'y may nangyaring hindi mumunting kaguluhan tungkol sa Daan. 24Sapagka't may isang taong nagngangalang Demetrio, pandaypilak, na gumagawa ng maliliit na dambanang pilak ni Diana, ay nagbibigay ng hindi kakaunting hanap-buhay sa mga panday; 25Na sila'y kaniyang tinipon pati ng mga manggagawa ng mga gayong gawa, at sinabi, Mga Ginoo, talastas ninyo na nagsisiyaman tayo sa hanap-buhay na ito. 26At inyong nakikita at naririnig, na hindi lamang sa Efeso, kundi halos sa buong Asya, ay nakaakit ang Pablong ito at naghiwalay ng maraming mga tao, na sinasabing hindi raw mga diyos, ang mga ginagawa ng mga kamay: 27At hindi lamang may panganib na mawalang kapurihan ang hanapbuhay nating ito; kundi naman ang templo ng dakilang diosa Diana ay mawawalan ng halaga, at hanggang sa malugso ang kadakilaan niya na sinasamba ng buong Asya at ng sanglibutan.**

**19:23 "ng Daan"** Ito ay ang pinakamaagang katawagan para sa Kristiyanismo. Ito ay nagpapahayag ng OT konsepto (ex. Mga Awit 1:1,6; 5:8; 25:4,8,9,12; 27:11; 37:5,7,23,34; 119:101, 105) ng pamumuhay pananampalataya (cf. Mga Gawa 9:2; 19:9,23; 22:4; 24:14,22; maaari ding 18:25-26).

**19:24 "dambanang pilak"** Ito ay tumutukoy sa maliit na mga larawang pilak (1) ng Templo ni Artemis o (2) ang meteorito mukhang katulad ng isang maraming susong babae. Ang arkeolohiya ay mayroong matatagpuan maraming mga larawang pilak ng diyus-diyosang ito, ngunit wala sa dambana (templo) mismo. Ito ay isa sa pitong kahanga-hanga sa mundo. Tingnan ang tala sa 18:19, #4.

▣ **"Diana"** Ang Artemis na sinasamba sa Efeso ay hindi dapat makilala bilang si Diana ng Romanong pantheon. Ang diyus-diyusang ito ay malapit kay Cybele, ang inang diyosa. Ang pang-relihiyong gawaing ito ay napaka-karaniwan sa mgapagpapayabog na kulto ng Canaan (tingnan si M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 1, p. 271).

▣ **"hindi kakaunting hanap-buhay"** Ang pag-uusig na ito ay may pang-ekonomikong batayan (cf. vv. 25,27). Tingnan ang buong tala sa makalayuning mga mababang pahayag ni Lucas (i.e., *litotes*) sa12:18.

▣ **"panday"** Mula sa Griyegong salitang ito, makukuha nating ang Ingles na salitang "tekniko." Sa sinaunang Mediterraneanong mundo, ang mga pangkat o mga samahan ng mga panday ay lubhang kilala at makapangyarihan. Si Pablo ay bahagi ng pangkat ng gumagawa ng tolda.

**19:26-27** Ito ay nagbibigay sa atin isang pang-unawa sa tagumpay at paglaganap ng ministeryo ni Pablo sa Asya.

▣ **"na sinasabing hindi raw mga diyos, ang mga ginagawa ng mga kamay"** Ito ay nagpapahayag ng OT konseptong ng kawalang-kahulugan ng pagsamba sa diyus-diyusan (cf. Deuteronomio 4:28; Mga Awit 115:4- 8; 135:15-18; Isaias 44:9-17; Jeremias 10:3-11).

**19:27** Mayroong maraming talata sa Griyegong panitikan ng unang siglo na nagbabangit kay Artemis sa Efeso. Tila mayroong tatlumpu't-siyam na magkakahiwalay na mga lungsod ng Mediterraneanong mundo na kasangkot sa pagpapayabong na magsambang ito sa inag diyosa.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:28-41

**28At nang marinig nila ito'y nangapuno sila ng galit, at nangagsigawan, na nagsipagsabi, Dakila ang Diana ng mga taga Efeso. 29At napuno ng kaguluhan ang bayan: at pinagkaisahan nilang lusubin ang dulaan, na sinunggaban si Gayo at si Aristarco, mga lalaking taga Macedonia, na kasama ni Pablo sa paglalakbay. 30At nang inakala ni Pablo na pasukin ang**

**mga tao, ay hindi siya tinulutan ng mga alagad. 31 At ang ilan din naman sa mga puno sa Asya, palibhasa'y kaniyang mga**
**kaibigan, ay nangagpasugo sa kaniya at siya'y pinakiusapang huwag siyang pumaroon sa dulaan. 32 At ang iba nga'y**
**sumisigaw ng isang bagay, at ang iba'y iba naman: sapagka't ang pulong ay nasa kaguluhan; at hindi maalaman ng**
**karamihan kung bakit sila'y nangagkatipon. 33 At kanilang inilabas si Alejandro sa karamihan, na siya'y itinutulak ng mga**
**Hudyo sa dakong harap. At inihudyat ang kamay ni Alejandro, at ibig sanang magsanggalang sa harapan ng bayan.**
**34 Datapuwa't nang matalastas nilang siya'y Hudyo, ay nangagkaisang lahat na mangagsigawan sa loob halos ng dalawang**
**oras, Dakila ang Diana ng mga Efeso. 35 At nang mapatahimik na ng kalihim-bayan ang karamihan, ay kaniyang sinabi,**
**Kayong mga lalaking taga Efeso, sino sa mga tao ang hindi nakakaalam na ang bayan ng mga Efeso ay tagapagingat ng**
**templo ng dakilang Diana, at ng larawang nahulog mula kay Jupiter? 36 Yamang hindi nga maikakaila ang mga bagay na**
**ito, ay dapat kayong magsitahimik, at huwag magsigawa ng anomang bagay sa madalian. 37 Sapagka't dinala ninyo rito**
**ang mga taong ito, na hindi mga mangloloob sa templo, ni mga mamumusong man sa ating diosa. 38 Kung si Demetrio nga,**
**at ang mga panday na kasama niya, ay mayroong anomang sakdal laban sa kanino man, ay bukas ang mga hukuman, at**
**may mga proconsul: bayaan ninyong mangagsakdal ang isa't isa. 39 Datapuwa't kung may inuusig kayo sa ano pa mang**
**ibang mga bagay, ay mahahatulan sa karaniwang kapulungan. 40 Sapagka't totoong nanganganib tayo na mangasakdal**
**tungkol sa pagkakagulo sa araw na ito, palibhasa'y walang anomang kadahilanan: at tungkol dito ay hindi tayo**
**makapagbibigay sulit tungkol sa pagkakatipong ito. 41 At nang siya'y makapagsalitang gayon, ay pinaalis niya ang**
**kapulungan.**

**19:28** Ang talatang ito ay nagpapakita kung gaano kahigpit ang sinaunang mundo sa pagdaraos ng pang-relihiyon at lokal na mga tradisyon. Maraming mga tao ay ginawa ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay sa mga paraan na kaugnay sa lokal na paganong mga templo.

▣ **"Dakila ang Diana ng mga taga Efeso"** Ang pagpapayabong na diyosang ito ay kadalasang tinawag na "ang Dakila." Ito ay maaaring sawikain ng pagsamba sa templo.

**19:29 "lusubin. . . ang dulaan"** Ang mga natira sa pagkawasak ng napakalaking Romanong ampiteatrong ito ay nananatili parin ngayon. Ito ay tumatangan ng sa pagitan ng 25 at 56 libong katao (ang mga pagtaya ay nagkakaiba).

▣ **"pinagkaisahan"** Ang Mga Gawa ay kadalasang ginagamit ang parirala "pinagkaisahan" upangilarawan ang pagkakaisa at pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya (cf. 1:14; 2:1,46; 4:24; 5:12; 8:6; 15:25), ngunit gayundin kung papaanong ang kasamaan ay magkakaisa (cf. 7:57; 12:20; 18:12). Ang pagkakaisa mismo ay hindi ang layunin. Ito ay ang layunin ng pagkakaisa na napakahalaga!

▣ **"Gayo"** Siya ay mula sa Derbe (cf. 20:4). Ito ay isang napaka-karaniwang pangalan, ang tiyak na pagkakakilanlan ay napakahirap (cf. I Corinto 1:14; III Juan 3).

▣ **"Aristarco"** Siya ay mula sa Tesalonica (cf. 20:4; 27:2; Colosas 4:10-11; Filipos 2:4).

**19:30 "hindi siya tinulutan ng mga alagad"** Si Pablo ay isang masugid na tao! Subalit, hinayaan niya ang ibang mga mananampalataya na makaimpluwensiya sa ilang mga kapasiyahan (cf. v. 31).

**19:31 "mga puno sa Asya"** Ang terminong ito ay nangangahulugang "lokal na itinalagang mga pinuno," ngunit ginamit sa maraming mga kaunawaan. Ito ay isa pang teknikal na termino para sa lokal na pampulitikang mga pinuno na ginamit ng lubhang katiyakan ni Lucas. Tila sila ay naging mga mananampalataya din, o kahit na papaano ay mga kaibigan ni Pablo. Muli, siLucas ay nagpapakita na ang Kristiyanismo ay hindi isang banta sa mga awtoridad ng lokal na pampamahalaan. Ito ay mga talata tulad ng ng isang ito na nagdulot sa ilang mga tagapagpaliwanag na magpalagay na ang Mga Gawa ay isinulat na upang basahin sa paglilitis ni Pablo sa Roma. Muli at muli, ang iglesiya ay dumating sa pagsasalungatan sa mga Hudyo, ngunit hindi sa pamahalaan!

**19:32 "ang pulong"** Ito ay ang katulad na Griyegong salitang (*ekklesia*) ginamit para sa ang iglesiya. Sa Mga Gawa 19:32,39, at 41 ito ay tumutukoy sa isang kapulungan ng taongbayan.

Ang sinaunang iglesiya ay pinili ang terminong ito dahil sa kanyang pagkagamit sa Septuagint para sa "ang kapulungan ng Israel." Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya (*ekklesia*) sa 5:11.

▣ **"hindi maalaman ng karamihan kung bakit sila'y nangagkatipon"** Ito ay isang karaniwang tagpo ng karamihan ng tao.

**19:33 "Alejandro"** Ang lokal na mga Hudyo ay nagnanais na naunawaan ito na ay isang hiwalay napangkat mula sa mga naglalakbay na Kristyanong misyonero, ngunit ito bumalik sa kanila. Kung ito ay ang katulad na tao na nabanggit sa II Timoteo 4:14 ay di-tiyak, ngunit I Timoteo 1:20 ay ginagawa itong walang katiyakan.

▣ **“inihudyat ang kamay”** Ito ay isang pangkulturang paraan ng paghahanap ng katahimikan upang ang isa ay maaaring ay makapagsalita (cf. 12:17; 13:16; 19:33; 21:40).

▣ **“magsanggalang”** Nakuha natin ang Ingles na terminong “apolohiya” na muula sa Griyegong termino, na tinutukoy sa isang paghukumang pagtatanggol. Madalas din gamitin ni Lucas ginamit ang PANDIWANG ito (cf. Lucas 12:11; 21:14; Mga Gawa 19:32; 24:10; 25:8; 26:1,2,24) at ang PANGNGALAN sa Mga Gawa 22:1 at 25:16.

**19:34** Ito ay nagpapakita ng (1) laban sa Semitismong aGreco-Romanong mundo o (2) ito ang kapootan ng mga tao sa ministeryo ni Pablo.

**19:35 “ng kalihim-bayan”** Ito ay ang pampamunuan ng punong sibil, na gumaganap bilang tagapag-ugnay sa Romanong pamahalaan sa mga lungsod na may mga kilalang templo. Ang termino ay *grammateus*. Ito ay ginamit nang napakadalas sa Mga Gawa para sa Hudyong mga eskriba (cf. 4:5; 6:12; 23:9). Sa Septuagint, tinutukoy nito ang Ehipsyong mga pinuno na nagpapasa ng mga kasulatan sa mga mas mataas na awtoridad (cf. Exodo 5:6) at sa Hudyong mga pinuno (cf. Deuteronomio 20:5).

▣ **“ang bayan ng mga Efeso ay tagapagingat ng templo”** Ang salitang para sa tagapag-ingat sa literal ay “naglilinis sa templo” (*neōkos*, bantay sa templo). Ito ay magiging isang titulong paggalang, kahit na sa orihinal, ito tinutukoy sa mga pinakamababang alipin sa templo.

▣ **“ng larawang nahulog mula kay Jupiter”** Ito ay ay tila ang isang hugis ng bulalakaw na tulad ng isang babae na may maraming suso. Ito ay isang ganap na diyus-diyusan para sa isang pagpapayabong ng kulto. Ang terminong “langit” sa literal ay “nahulog mula kay Zeus (*diyos*).”

**19:37** Ang sanhi ng kaguluhan ay walang tunay na batayan at, samakatuwid, ay may pananagutan para sa Romanong panghukumang parusa (cf. v. 40).

**19:38-39 “bayaan ninyong mangagsakdal ang isa't isa”** Hayaan niyo silang pumunta sa mga tanggapan na nakalaan para sa mga karaingan. Ang dalawang talata ding ito ay may dalawang UNANG URING MAY PASUBALI na mga pangungusap.

**19:38 “mga proconsul”** Mayroong dalawang uri ng Romanong lalawigan, silang pinamumunuan ng Emperador at silang pinamumunuan ng Senado (Augusto, *Acts of Settlement*, 27 B.C.). Ang Romanong mga lalawigan ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng

1. pang-senadong mga lalawigan na pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga proconsul o mga propraetor
2. imperyong mga lalawigan na pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga legatus pro proetor
3. ibang mas mababa o may suliraning mga lalawigan na pinamamahalaan sa pamamagitan ng praefectus
4. malayang mga lungsod na pinamamahalaan sa pamamagitan ng lokal na mga pinuno, ngunit sa ilalim ng Romanong mga patnubay
5. mga nasakop na estado tulad ng Palestina na pinamamahalaan sa pamamagitan ng lokal na mga pinuno, ngunit may mga hangganan at mga pagbabawal

Ang Efeso ay sa isang pang-Senadong lalawigan at sumakatuwid ay may isang “proconsul.” Ang mga Proconsul ay nabanggit ng tatlong beses:

1. Sergius Paulus, Chipre, Mga Gawa 13:7-8,12
2. Annaeus Gallio, Acaya, Mga Gawa 18:12
3. hindi tiyak napangalan, ngunit ang kaurian, Efeso, Mga Gawa 19:38

**19:39-41 “kapulungan”** Ito ay ang salitang *ekklesia*, na ginamit sa mga Griyegong lungsod-estado para sa isang bayang kapulungan. Ito ay dumating upang gamiting para sa tinipong iglesiya dahil sa Septuagint, isinalin ito sa Hebreong termino para sa “kapulungan” (*Qahal*).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Uunawain ba natin ang vv. 2-6 bilang isang pagpapatunay-teksto para sa
    a. muling pagbabautismo ng ilang mga mananampalataya
    b. ang pagpapatong ng kamay upang makatanggap ng susunod na pagpapalat ng pagsasalita ng mga wika?
2. Bigyang kahulugan ang pagpo-propesiya (v. 6).
3. Ang itinala sa Mga Gawa ang pagtatagpo ni Pablo kapwa kay Apolos at sa labindalawang mga alagad ni Juan de Bautista?
4. Ang vv. 11-12 ay karaniwang para sa glesiya sa lahat ng mga panahon at mga kultura? Bakit/bakit hindi?
5. Bakit ang pagpapalayas ng masamang espiritu hindi isinama sa mga tala ng espiritwal na mga kaloob?
6. Bakit ang mga mananampalataya hindi binigyan ng mas maraming biblikal na impormasyon sa paksang ito?
7. Anong ang layunin ng mga mahimalang pangyayaring ito? (cf. v. 17)

# MGA GAWA 20

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paglalakbay ni Pablo sa Macedonia | Mga Paglalakbay sa Grecia | Huling Pagdalaw sa Grecia | Sa Macedonia at Acaya | Iniwan ni Pablo ang Efeso |
| 20:1-6 | 20:1-6 | 20:1-6 | 20:1-6 | 20:1-6 |
| Ang Pamamaalam na Pagdalaw ni Pablo sa Troas | Paglilingkod sa Troas | Pagbalik ni Pablo sa Palestina (20:7-21:14) | Huling Pagdalaw ni Pablo sa Troas | Troas: Nagbangon si Pablo ng Isang Patay na Tao |
| 20:7-12 | 20:7-12 | 20:7-12 | 20:7-12 | 20:7-12 |
| Ang Paglalayag mula sa Troas patungong Mileto | SaTroas patungong Mileto | | Sa Troas patungong Mileto | Sa Troas patungong Mileto |
| 20:13-16 | 20:13-16 | 20:13-16 | 20:13-16 | 20:13-16 |
| Si Pablo ay Nagsalita sa mga Matatanda ng Efeso | Ang mga Matatanda sa Efeso ay Pinagtagubilinan | | Ang Pamamaalam ni Pablo sa mga Matatanda sa Efeso | Pamamaalam sa mga Matanda sa Efeso |
| 20:17-24 | 20:17-38 | 20:17-18a | 20:17-24 | 20:17-18a |
| | | 20:18b-24 | | 20:18b-21 |
| | | | | 20:22-24 |
| 20:25-35 | | 20:25-35 | 20:25-31 | 20:25-27 |
| | | | | 20:28 |
| | | | | 20:29-32 |
| | | | 20:32-35 | |
| | | | | 20:33-35 |
| 20:36-38 | | 20:36-38 | 20:36-38 | 20:36-38 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL SA MGA TALATANG 1-6

A. Ito ay isang napaikling at, samakatuwid, bahagyang nakakalitong buod ng ministeryo ni Pablo sa Macedonia at Grecia sa kanyang pangatlong pang-misyong paglalakbay.

B. Ang pinakamainam sa paraan upang maiuri ang ministeryo ni Pablo sa lugar na ito ay sumangguni sa kanyang mga sulat, lalo na sa I at II Corinto.

C. Tinatangka ni Lucas na idetalye ang mga paggalaw ni Pablo sa pamamagitan ng paggamit ng mga tanda sa panahon at mga pangalan ng lugar, ngunit ang kaiklian nito ay nagdudulot ng pagkalito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:1-6

**1 At pagkatapos na mapatigil ang kaguluhan, nang maipatawag na ni Pablo ang mga alagad at sila'y mapangaralan, ay nagpaalam sa kanila, at umalis upang pumaroon sa Macedonia. 2 At nang matahak na niya ang mga dakong yaon, at maaralan na sila ng marami, siya'y napasa Grecia. 3 At nang siya'y makapaggugol na ng tatlong buwan doon, at mapabakayan siya ng mga Hudyo nang siya'y lalayag na sa Siria, ay pinasiyahan niyang bumalik na magdaan sa Macedonia. 4 At siya'y sinamahan hanggang sa Asya, ni Sopatro na taga Berea, na anak ni Pirro; at ng mga taga Tesalonicang si Aristarco at si Segundo; at ni Gayo na taga Derbe, at ni Timoteo; at ng mga taga Asiang si Tiquico at si Trofimo. 5 Datapuwa't nangauna ang mga ito, at hinintay kami sa Troas. 6 At kami'y nagsilayag mula sa Filipos pagkaraan ng mga kaarawan ng mga tinapay na walang lebadura, at nagsidating kami sa kanila sa Troas sa loob ng limang araw; na doo'y nagsitira kaming pitong araw.**

**20:1 "At pagkatapos na mapatigil ang kaguluhan"** Ang pariralang ito ay may kalabuan. Hindi ito nanngangahulgang magpahiwatig na si Pablo ay dagliang iniwan ang Efeso dahil sa kaguluhan ay nagsimula kay Demetrio. Hindi umalis sa Pablo dahil sa kaguluhan, ngunit dahil sa ang kanyang ebandyelikong gawain ay natapos na, gaya ng mga sariling pahayag ni Demetrio na ginawang maliwanag (cf. 19:26).

▣ **"nang maipatawag na ni Pablo ang mga alagad at sila'y mapangaralan"** Si Pablo ay nagmamalasakit sa kapwa pag-e-ebanghelyo at pagdi-disipulo (cf. 2; Mateo 28:18-20). Ang ebanghelyo, kahit na tanggapin nag pansarili, ay naging isang pamilya kung saan ang paglilingkod ay kailangan (cf. I Corinto 12:7). Ang layunin ng lokal na mga mananampalataya ay isang iglesiya!

**20:2 "matahak na niya ang mga dakong yaon"** Ito maaaring ay tumutukoy (1) sa Ilirico (cf. Roma. 15:19) o (2) sa mga lungson ng Macedonia ng Filipos, Tesalonica, at Berea.

▣ **"siya'y napasa Grecia"** Ang Grecia (*Hellas*) ay nangangahulugang ang Romanong Lalawigan ng Acaya (cf. 19:21). Ito ay tumutukoy pangunahin sa lungsod ng Corinto. Si Pablo ay may pinalawig na ministeryo sa sa lugar na ito. Sa panahong ito isinulat niya ang Roma. Siya ay nag-alala sa iglesiya sa Corinto, gaya nang maliwanag na ipinapakita sa I Corinto 16:5-9 at II Corinto 2:12-13.

**20:3** Ang talatang ito ay nag-uugnay sa mga plano ng paglalakbay ni Pablo. Madalas niya baguhin ang mga ito dahil sa mga pangyayari. Sa pagkakataong ito, inisip ni Pablo na hindi mabuti (i.e., isang masamang balak ng mga Hudyo) na sumakay sa isang naglalakbay na barko na papuntang Herusalem, kaya nga siya ay naglakbay sa pamamagitan ng lupa.

▣ **"mapabakayan siya ng mga Hudyo nang siya'y lalayag"** Siya ay maaaring nagpaplano na maglayag sa isang Naglalakbay na barko na hihinto sa lahat ng daungan sa mga daraanan ng mga Hudyong naglalakbay para sa mga pista sa Herusalem.

▣ **"Sopatro, Aristarco, Segundo, Gayo, Timoteo, Tiquico, Trofimo"** Sila ay maaaring mula sa iba't-ibang mga iglesiya na ipinadala upang samahan si Pablo sa kanyang natatanging salaping kaloob sa iglesiya sa Herusalem (cf. I Corinto 16:1-3; II Corinto 8-9).

1. Si Sopatro ay maaaring ang Sosipatro ng Roma. 16:21.
2. Si Aristarco ay nabanggit sa Mga Gawa 19:29; 27:2 at Colosas 4:10.
3. Si Tiquico ay nabanggit sa Efeso 6:21-22; Colosas 4:7-8; II Timoteo 4:12 at Tito 3:12.
4. Si Gayo ay nabanggit sa Mga Gawa 19:29.
5. Si Trofimo ay nabanggit sa Mga Gawa 21:29 at II Timoteo 4:20.

Ang sumusunod ay kinuha mula sa aking komentaryo ng I Corinto (tingnan ang www.freebiblecommentary.org ).

**"ang pagliko"** *Logia* ay isang termino na maaaring matatagpuan sa Griyegong papyri sa Ehipto bilang isang kaloob ng salapi para sa isang pang-relihiyong layunin, ngunit hindi kaugnay sa isang karaniwang buwis (cf. Moulton, Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, p. 377). Ito ay di-tiyak kung ang kontekstong ito ay tumutukoy sa isang karaniwang kaloob o karagdagang kaloob sa iglesiya. Si Pablo ay nagsimula ng malasakit na ito para sa mahihirap sa Judea mula sa isang pag-uusap kina Santiago, Pedro, Juan, at Bernabe sa Galacia 2:10; 6:10. Ang tiyak na kaloob ay sinimula ng iglesiya sa Antioquia kung saan sina Pablo at Bernabe ay naglingkod, Mga Gawa 11:27-30. Ang kaloob na ito ay nabanggit sa maraming mga aklat sa NT (cf. Roma. 15:26; II Corinto 8-9; I Corinto 16:1). Ito ay isang pagtatangka na ikintal ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Hebreong inang iglesiya at ang Hentil na mga iglesiya.

Tinawag ito ni Pablo na minsanang pagkakalob samaraming mga katawagan.

1. pagbibigay-limos, Mga Gawa 24:17
2. pakikipag-ugnayan, Roma. 15:26,27; II Corinto 8:4; 9:13
3. isang pagkakautan, Roma. 15:27
4. paglilingkod, Roma. 15:27; II Corinto 9:12"

Mula sa II Corinto 8:6,16 ito ay tila na si Tito rin ay isang kinatawan ng iglesiya. Ito ay lubhang kataka-taka na hindi kailanman nabanggit ni Lucas si Tito sa Mga Gawa. Ang teoriya ay ay maaring si Tito ay kapatid ni Lucas na ang pagkamababang-loob ang nagdulot sa kanya na tanggalin ang kanyang pangalan. Ito rin ang maaaring magpaliwanag ng di-pinangalanang kapatid sa II Corinto 8:18, na maraming nag-iisip na si Lucas (Si Origen na nakatala sa *His. Eccl.* 6.25.6 ni Eusebio; A.T. Robertson's, *Word Pictures of the New Testament*, p. 245).

F. F. Bruce, *Paul: Apostle of the Heart Set Free*, mga pagpuna king Tito at Lucas bilang magkapatid.

"Ang isa sa paliwanag sa pagtahimik ni Lucas patungkol sa isa na pinagkakatiwalaang tenyente ni Pablo si Tito na kapatid ni Lucas; cf. W. M. Ramsay, *St. Paul the Traveler and the Roman Citizen* (London, 1895), p. 390; *Luke the Physician and Other Studies* (London, 1908), pp. 17 f.; A. Souter, 'Isang Iminumungkahing ugnayan sa pagitan nina Tito at Lucas, *Expository Times* 18 (1906-7), p. 285, at "Ang Kaugnayan sa pagitan nina Tito at Lucas, *ibid*., pp. 335 f. Ngunit kung ang pakikipag-ugnayang ito ay ipapapnatili, pagkatapos ang posibilidad na si Lucas ay ang 'kapatid' sa 2 Corinto 8:18 f. (tingnan ang p. 320) ay pinanuto: ang layunin ni Pablo sa pagpapadala sa 'kapatid' na kasama si Tito ay siya ay magigigng malayang tagapanagot ng katapatan sa pamamahala ng tulong na salapi, at ang layuning ito ay mabibigo kung ang mga kritiko ay binigyan ng isang pagkakataon na mabigyang pansin ang isang dugong-pakikipag-ugnayan sa pagitan ng dalawa. Walang maaring mas hihigit pa sa pagtatantiya ng upang ikandili ang nananatili nang mga pagduruda" (p. 339 tala sa ibaba #5).

**20:5 "kami"** Si Lucas ay nagsisimula muli sa kanyang tala ng saksing nakakita, na di-magpatuloy sa Filipos (cf. Mga Gawa 16). Ang "kami" na mga bahagi ay nakilala sa 16:10-17; 20:5-15; 21:1-18; at 27:1-28:1b.

**20:6 "mga kaarawan ng mga tinapay na walang lebadura"** Ang pitong-araw na pista sa gitna ng April ay isinama sa isang-araw na Pista ng Paskwa (cf. Exodo 13). Ang pang-Hudyong kaligiran ni Pablo ay naka-impluwensya kung paaano niya tinitingnan ang kalendaryo. Wala tayong nalalaman sa mga Hudyo o isang sinagoga sa Filipos, kaya si Pablo ay hindi pinagdiwang ang pistang ito para sa layuning pagpapatotoo (cf. I Corinto 9:19-23). Maaaring ito ay nabanggit lamang dahil siya ay plano niyang makarating sa Herusalem sa Pentecostes (cf. 20:16).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:7-12

**7At nang unang araw ng sanglinggo, nang kami'y nangagkakapisan upang pagputolputulin ang tinapay, si Pablo ay nangaral sa kanila, na nagaakalang umalis sa kinabukasan; at tumagal ang kaniyang pananalita hanggang sa hatinggabi. Act 20:8 At may maraming mga ilaw sa silid sa itaas na pangkatipunan namin. 9At may nakaupo sa durungawan na isang binatang nagngangalang Eutico, na mahimbing sa pagtulog; at samantalang si Pablo ay nangangaral ng mahaba, palibhasa'y natutulog ay nahulog buhat sa ikatlong grado, at siya'y binuhat na patay. 10At nanaog si Pablo, at dumapa sa ibabaw niya, at siya'y niyakap na sinabi, Huwag kayong magkagulo; sapagka't nasa kaniya ang kaniyang buhay. 11At nang siya'y makapanhik na, at mapagputolputol na ang tinapay, at makakain na, at makapagsalita sa kanila ng mahaba, hanggang sa sumikat ang araw, kaya't siya'y umalis. 12At kanilang dinalang buhay ang binata, at hindi kakaunti ang kanilang pagkaaliw.**

**20:7 "At nang unang araw ng sanglinggo, nang kami'y nangagkakapisan upang pagputolputulin ang tinapay,"** Ito ay nagpapakita ang sinaunang paraan ng Iglesiya sa pagtitipon tuwing lingo (ang unang araw ng trabaho ng linggo) upang magkaroon ng isang komunal na pakikipag-ugnayan pagsasalo-salo (v. 11) at ang pag-ala-alang hapunan ("pagpuputol ng tinapay" ay isang NT wikain para sa Hapunan ng Panginoon). Si Hesus mismo ang nagtatakda ng pamamarisang Lingong Panambahan sa pamamagitan ng Kanyang tatlong mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Juan 20:19,26; 21:1; Lucas 24:36; I Corinto 16:2).

Ang *Helps for Translator* na kalipuana (*The Acts of the Apostle* nina Newman at Nida, p. 384) ay nagsasabi na si Lucas ay

tumutukoy sa pang-Hudyong panahon at na ito ay maaaring Sabado ng gabi (cf. TEV), ngunit karamihan ng mga salin ay masliteral, “ang unang araw ng lingo.” Ito ay ang tanging paggamit ng parilalang ito sa Mga Gawa. Ginagamit ni Pablo ang pariralang “unang araw ng linggo” dito lamang sa I Corinto 16:2, kung saan ito ay nagpapahiwatig na Linggo.

▣ **“tumagal ang kaniyang pananalita”** Si Pablo ay nagnanais na magturo at magpasigla hanga’t maaari f. vv. 2,31).

▣ **“hanggang sa hatinggabi”** Ang mga Hudyo ay nagsimula ng araw sa takip-silim o gabi dahil sa Genesis 1, habang ang mga Romano ay nagsimula ng araw sa hatinggabi.

**20:8 “may maraming mga ilaw”** Ito ay maaaring isang mainit, walang hangin, mausok, na kapaligiran. Ito ay halos tila sinusubukang ipaliwanag ni Lucas kung bakit nakatulog si Eutico.

**20:9 “isang binata”** Ang terminong dito ay nangangahulugan na isang lalaki na nsa kalakasang ng buhay. Ang iba’t-ibang termino ay ginamit sa v. 12. Ito ay nangangahulugan na isang bata. Si Eutico ay isang batang may sapat na gulang.

▣ **“Eutico…ay mahimbing sa pagtulog; at samantalang si Pablo ay nangangaral ng mahaba”** Ito ay PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NAKATAGA ay nagpapakita na ang biblikal na katibayan ay kapwa para sa mahabang mga pangangaral at mga natutulog na nakikinig!

▣ **“ay binuhat na patay”** Tila siya ay patay! Tingnan ang talata 12.

**20:10 “dumapa sa ibabaw niya, at siya'y niyakap”** Si Pablo ay kumilos agad tulad nina Elias at Eliseo sa OT, na nagbangon din ng mga patay sa ganitong kaparaanan (cf. I Mga Hari 17:21; II Mga Hari 4:34). Siya ay nagsasabi sa kanyang mga nakikinig na huwag mag-alala, ngunit sa katotohanan, naniniwala akong si Pablo ay nababahala sa pangyayaring ito!

▣ **“Huwag kayong magkagulo”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang SALUNGAT NA PANTUKOY na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy.

**2:12**
**NASB, TEV “hindi kakaunti ang kanilang pagkaaliw”**
**NKJV, NRSV “sila ay naginhawaan na hindi kakaunti”**
**NJB “at lubusan silang napasigla”**

Ang NKJV at NRSV ay literal at nagpapakita ng pagkahilig ni Lucas sa mga nakasalungat na mababang pahayag (cf. 12:18; 15:2; 19:11,23,24; 20:12; 26:19,26; 27:20; 28:2).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:13-16

**[13]Datapuwa't kami, na nangauna sa daong, ay nagsilayag na patungong Ason, na doon namin inaakalang ilulan si Pablo: sapagka't gayon ang kaniyang ipinasiya, na ninanasa niyang maglakad. [14]At nang salubungin niya kami sa Ason, siya'y inilulan namin, at nagsiparoon kami sa Mitilene. [15]At pagtulak namin doon, ay sumapit kami nang sumunod na araw sa tapat ng Chio; at nang kinabukasan ay nagsidaong kami sa Samo; at nang kinabukasan ay nagsirating kami sa Mileto. [16]Sapagka't ipinasiya ni Pablo na lampasan ang Efeso, upang huwag na siyang maggugol ng panahon sa Asya; sapagka't siya'y nagmamadali upang kung maaari ay dumating sa Herusalem sa araw ng Pentecostes.**

**20:13 “sa daong”** Ang mga plano ng paglalakbay ni Pablo ay kailangang mabago dahil sa pagtatangka laban sa kanyang buhay, na binalak na gawin sa dagat (cf. 3). Maaaring si Pablo ay nagnanais na malaman kung sino ang sasakay sa barko who bago siya sumakay. Si pablo ay naglakbay sa lupa mula sa Troas patungnong Assos, kung saan siya ay maaaring kunin ng barko mula sa Troas. Ang lahat ng tao na nabanggit sa v. 4 ay nandito na barkong ito.

**20:14 “nagsiparoon sa Mitilene”** Ito ay ang punong lungsod ng pulo ng Lesbos. Ito ay ang pinakamalaking pulo sa baybayin ng Asya Minor (kanluraning Turkey).

**20:15-16** Ito ay nakakagulat kung gaano ang nalalaman ni Lucas patungkol sa paglalayag. Siya ay gumagamit ng maraming teknikal na paglalayag na terminosa kanyang mga salaysay (“kami” na mga bahagi) ng Mga Gawa. Marami sa “kami” na mga bahagi ay kasangkot ang paglalakbay sa dagat. Maliwanag na siya ay isang edukadong tao na maraming nang nalakbay.

**20:15 “Chio”** Ito ay isa pang pulo sa Dagat Aegeano. Ito ay isang mahaba, makipot na pulo na napakalapit sa baybayin.

▣ **“Samo”** Ito ay isa pang pulo na nasa kanluran baybayin ng Asya Minor, malapit sa Efeso.

▣ **"Mileto"** Ito ay minsang nanging malaki at mahalaga pangdagat na lungsod sa katimugang baybayin ng Efeso na nasa bukana ng Ilog Maeandro. Sa Pablo ay nakarating dito at nagpadala para sa mga pinuno ng Iglesiya sa Efeso. Ito ay patungkol kay isang tatlumpung milyang paglalakbay.

**20:16 "ipinasiya ni Pablo na lampasan ang Efeso"** Ito ay tila nagpapahiwatig na si Pablo ay may ilang kusang pamamahala sa barko. Kung ito ay totoo, alinman na (1) sila ay nangupahan ng isang barko para sa kanilang sarili o (2) sila pumili ng isang barko na hindi hihinto sa Efeso.

▣ **"kung"** Ito ay isang PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI (*ei* na may OPTATIBONG PANAGANO), na nagpapahayag ng isang kahilingan.

▣ **"Pentecostes"** Ito ay ang Hudyong pista limampung araw pagkatapos ng Paskwa. Hindi nakaabot sa Pist ng Paskwa si Pablo dahil sa talata 3.

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL SA MGA GAWA 20:17-21:16

A. Mayroong isang sangkap ng pagtatanggol sa sarili sa talatang ito, gaya ng kung ilan ay nagpapatuloy na kalabanin si Pablo sa ganang akin (cf. v. 33).
B. Ito ay ang tanging halimbawa sa Mga Gawa ng pangangaral ni Pablo sa mga mananampalataya. Sa Mga Gawa 13:16ff siya ay nagpapayahag samga Hudyo, habang sa 14:15ff at 17:22ff siya ay nagpapahayag sa mga paganong Griyego.
C. Ito mensahe ay mayroong maraming mga pagkakatulad sa mga sulat ni Pablo, gaya ng inaasahan. Ang natatanging talasalitaan ni Pablo ay kaagad na naglalarawan ng pagpapaalam na paalala. Ito ay nagpapakita ng katapatan ni Lucas sa pagtatala ng patotoo ng iba.

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:17-18a

**17At mula sa Mileto ay nagpasugo siya sa Efeso, at ipinatawag ang mga matanda sa iglesiya. 18At nang sila'y magsidating sa kaniya, ay sinabi niya sa kanila,**

**20:17 "Mileto"** Ang daungang ito ay halos 30 milya sa timog ng Efeso.

▣ **"mga matanda"** Mula sa salitang ito (*presbuteros*) makukuha natin ang "Presbitero" o "Presbiteryano." Dahil sa Mga Gawa 20:17,28 at Tito 1:5,7 ang mga terminong "mga matatanda" (*presbuteroi*) at "mga obispo" (*episcopoi*) ay magkasingkahulugan sa terminong "pastor" (*poimenos*, cf. Efeso 4:11). Ang terminong "matanda" ay may isang Hudyong kaligiran (Hudyong pantribung mga pinuno) at "obispo" o "tagapamahala" ay may isang Griyegong lungsod-stado na pampulitika/pamamahalang kaligiran.

Mayroong lamang dalawang mga pangkat sa lokal na iglesiya ng mga pinuno na nabanggit sa NT—mga pastor at dyakono (cf. Filipos 1:1). Mayroong maaaring tatlong mga pangkat na nakalata I Timoteo 3, na kasama ang tungkulin sa mga balo o dyakonesa (cf. Roma. 16:1).

Pansinin na ang termino ay PANGMARAMIHAN. Ito ay maaaring ay tumutukoy sa bahay-iglesiyang mga pinuno (cf. 11:30; 14:23; 15:2, 4,6,22-23; 16:4; 21:18; I Timoteo 5:17, 19; Tito 1:5; Santiago 5:14; I Pedro 5:1).

▣ **"ang iglesiya"** Ito Griyegong termino (*ekklesia*) ay ang salitang ginamit para sa isang bayang kapulungan (cf 19:39). Subalit, ito ay ginamit upang isalin ang OT parirala na "ang pagtitipon ng mga tao (*qahal*) ng Israel" sa Septuagint. Ang sinaunang iglesiya ay piniling ilarawan ang bagong katawan ng mga mananampalataya dahil ito kinikilala sila na kasama OT bayan ng Diyos. Ang NT iglesiya ay nakita ang kanilang mga sarili bilang ang tunay na katuparan ng OT pangako dahil si Hesus ng Nazareth ay ang tunay na Mesias. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:11.

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:18b-24

**18Nalalaman ninyo, na mula nang unang araw na ako'y tumungtong sa Asya, kung paano ang pakikisama ko sa inyo sa buong panahon, 19Na ako'y naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba ng isip, at ng mga luha, at ng mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pagbakay ng mga Hudyo; 20Kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag sa inyo ang anomang bagay na pakikinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay, 21Na sinasaksihan ko sa mga Hudyo at gayon din sa mga Griyego ang pagsisisi sa Diyos, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Hesukristo. 22At ngayon, narito, ako na natatali sa espiritu ay pasasa Herusalem, na hindi nalalaman ang**

**mga bagay na mangyayari sa akin doon: [23]Maliban na pinatotohanan sa akin ng Banal na Espiritu sa bawa't bayan, na sinasabing ang mga tanikala at ang mga kapighatian ay nagsisipagantay sa akin. [24]Datapuwa't hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang aking katungkulan, at ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Hesus, na magpatotoo ng ebanghelyo ng biyaya ng Diyos.**

**20:18 "Nalalaman ninyo. . . kung paano ang pakikisama ko sa inyo sa buong panahon"** Ang lakad ng buhay at aral ni Pablo ay angpapatunay ng kanyang pakikipag-ugnayan kay Kristo. Ang katotohanan na inihayag ni Pablo na lubhang malakas sa vv. 18-19 ay nagpapakita ang presensya ng mga kritiko.

**20:19 "Na ako'y naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba ng isip"** Ang terminong ito ay nagsisimula sa isang tala ng Kristyanong mga kagalingan na magbubunga ng pagkakaisa (cf. Efeso 4:2-3). "Pakumbabaan" ay isang natatanging Kristyanong kagalingan na hindi isinama sa mga kagalingan ng Griyegong moralista (Stoics). Kapwa sina Moises (cf. Mga Bilang 12:3) at Hesus (cf. Mateo 11:29) ay mailalarawan sa pamamagitan ng ganitong termino. Ginagamit ito Pablo nang maraming beses (cf. Efeso 4:2; Filipos 2:3; Colosas 2:18,23; 3:12).

## NATATANGING PAKSA: MGA MASAMANG HILIG (BISYO) AT MGA KAGALINGAN SA NT

Ang mga tala ng kapwa mga masamang hilig (bisyo) at mga kagalingan ay karaniwan NT. Kadalasang sila ay nagpapakita sa kapwa rabinikal at kultural (Helenistiko) na mga tala. Ang mga tala sa NT ng magkakasalungat na mga katangian ay makikita sa:

| | Mga Masamang Hilig | Mga Kagalingan |
|---|---|---|
| 1. Pablo | Roma 1:28-32 | --- |
| | Roma 13:13 | Roma 12:9-21 |
| | I Corinto 5:9-11 | --- |
| | I Corinto 6:10 | I Corinto 6:6-9 |
| | II Corinto 12:20 | II Corinto 6:4-10 |
| | Galacia 5:19-21 | Galacia 5:22-23 |
| | Efeso 4:25-32 | --- |
| | Efeso 5:3-5 | --- |
| | --- | Filipos 4:8-9 |
| | Colosas 3:5,8 | Colosas 3:12-14 |
| | I Timoteo 1:9-10 | --- |
| | I Timoteo 6:4-5 | --- |
| | II Timoteo 2:22a,23 | II Timoteo 2:22b,24 |
| | Tito 1:7, 3:3 | Tito 1:8-9; 3:1-2 |
| 2. Santiago | Santiago 3:15-16 | Santiago 3:17-18 |
| 3. Pedro | I Pedro 4:3 | I Pedro 4:7-11 |
| | II Pedro 1:9 | II Pedro 1:5-8 |
| 4. Juan | Pahayag 21:8; 22:15 | --- |

▣ **"ng mga luha, at ng mga pagsubok"** Itinala ni Pablo ang pisikal at madamdaming mga bagay na kanyang kinhaharap bilang Apostol sa mga Hentil sa II Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:24-28. Ang ministeryo ay malaking halaga!

▣ **"dahil sa mga pagbakay ng mga Hudyo"** Mayroong maraming mga halimbawa ng sa mga "masamang balak" sa Mga Gawa (cf. 9:24; 13:45,50; 14:2,4,5,19; 17:5,13; 18:12; 20:3; 21:27; 23:12,27,30; 24:5-9,18-19).

**20:20 "hindi ikinait"** Ito ay isang paglalayag na termino (cf. 20:27, isang AORIST NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG) sa pagtama ng mga layag kapag ang isang barko ay papalapit na sa pantalan.

▣ **"ang anomang bagay na pakikinabangan"** Tinuran sila ni Pablo ng lahat ng bagay kaugnay sa ebanghelyo: paano tanggapin ito, paano ipamuhay ito, paano ipagtanghal ito, at paano itayugod ito.

▣ **"hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay"** Ito ay maaaring nangangahulugang na hindi lamang si Pablo ang nangral sa bukas nag pampublikong mga pagpupulong ng pangkat (hindi lihim na mga pagpupulong), ngunit sa loob din ng mga indibidwal na bahay (o maaaring hiwalay na bahay ng mga iglesiya). Ang punto ay nakikilala ni kung paano si Pablo gumagawa sa kanila at kung anong sinabi din Pablo.

Si Pablo ay maaaring inaatke ng ilang lokal na pangkat. Ito ay kanyang paraan sa pagpapalihi ng kritisismo

**20:21 "sinasaksihan ko sa mga Hudyo at gayon din sa mga Griyego"** Mayroong isang mensahe para sa kapwa mga pangkat. Kadalasang ang pagpapakilala ay iba-iba ngunit ang nilalaman ay magkakatulad, gaya ng ipinapakita ng mga pangangaral sa Mga Gawa (*kerygma*, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14). Ginawang prayoridad na ipahayag muna ang ebanghelyo sa ang mga Hudyo (cf. Roma. 1:16; I Corinto 1:18,24).

▣ **"ang pagsisisi sa Diyos, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Hesukristo"** Ang pagsisisi ay isang pagbabago ng isipan (Griyegong salita), na sinusundan ng pagbabago ng pagkilos (Hebreong salita). Ito ay isa sa dalawang pangangailangan para sa kaligtasan. Ang isa pa ay pananampalataya sa ating Panginoon Hesus (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:16). Isa ay salungat (pagtalikod sa sarili at kasalanan). Isa ay paayon (pagharap sa pagtanggap kay Hesus at Kanyang katubusan para sa atin). Kapwa ay kailangan. Ako ay dumating sa paniniwala na mayroong maraming NT na pangangailangan: tiyak na panimulang pagsisisi at pananampalataya at nagpapatuloy na pagsisisi at pananampalataya, ngunit gayundin ang pagsunod at pagtitiyaga.

Mayroong ilang mga kaibahan sa sinaunang Griyegong mga teksto patungkol sa "ating Panginoong Hesukristo." Ang titulong "Kristo" ay natanggal sa kasulatang B (Vaticanus), ngunit ito makikita sa $P^{74}$, א, A, at C. Katulad ng malawak na karamihan ng mga kaibahang ito, sila ay hindi nagbabago ng kaunawaan ng teksto. Ang $UBS^4$ Griyegong teksto ay naniniwalang ang mas maikling pagbasa ay "halos tiyak" dahil walang dahilan na tatanggalin ito ng kahi-sinong eskriba, ngunit mayroong katibayan ng kanilang pagpapalaki ng kaagapay pagpaparilala sa inaasahang lubos na pagpaparilala (tingnan ang Dagdag na Daho Dalawa: Tekstuwal na Kritisismo).

**20:22**
**NASB "ako na natatali sa espiritu"**
**NKJV "ako na nagapos sa espiritu"**
**NRSV "isang bihag ng Espiritu"**
**TEV "sa pagsunod sa Banal na Espiritu"**
**NJB "sa pagkabihag sa Espiritu"**

Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA KATAGA. Ito ay nagpapakita ng kaunawaan sa maka-Diyos na pamunuan (cf. 18:21; 19:21; 20:23; I Corinto 4:19; 7:40; 16:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Espiritu (*pneuma*) sa NT at 2:2 at ang tala sa 19:21. Ang Banal na Espiritu ay nabanggit sa v. 23.

**20:23 "pinatotohanan sa akin ng Banal na Espiritu sa bawa't bayan, na sinasabing ang mga tanikala at ang mga kapighatian ay nagsisipagantay sa akin"** Ito ay maaaring naisakatuparan sa pamamagitan ng iba't-ibang mga propeta na ginamit ng Banal na Espiritu upang balaan si Pablo (cf. Mga Gawa 9:16; 21:4, 10-12). Kadalasan, ang Diyos ay nagpapadala at ginagamit ang kung anong tila salungat, sa may layunin, paayong mga pamamaraan (cf. Isaias 55:8-11). Si Pablo ay hindi lumihis sa mga personal na paghihirap habang siya ay naniniwala na ito ay magsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos.

**20:24 "hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga"** Ang ganitong uri ng pag-iisip ay kasalunggat ng nalugmok na pansariling pag-iisip ng tao. Ang mg Kristiyano may isang kakaibang pananaw sa mundo. Sila ay namatay sa sarili at kasalanan at nabuhay sa Diyos (cf. Roma 6; II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20; I Juan 3:16). Ang kamatayan sa kalupitan ng sarili ay nagdudulot ng malayang paglilingkod na walang pag-iimbot.

▣ **"maganap ko lamang ang aking katungkulan"** Ito ay isang pampaligsahang termino para sa pagtakbo sa isang takbuhin. Si Pablo ay palagiang gumagamit ng mga pampalakasang talinghaga. Siya ay kadalasang nagsasalita ng kanyang buhay bilang isang pampalakasang pangyayari (cf. I Corinto 9:24-27; Galacia 2:2; 5:7; Filipos 2:16; 3:14; II Timoteo 2:5; 4:7). Si Pablo ay naniniwala na ang Diyos ay may isang tiyak na kalooban, plano, layunin para sa kanyang buhay.

▣ **"ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Hesus"** Tinanggap ni Pablo ang kanyang panawagan sa Damascong Daan (cf. Mga Gawa 9). Ang lahat ng mga mananampalataya ay tinawag sa pagiging pinagkalooban mga lingkod (cf. Efeso 4:11-12). Ang pagkakaunawang ito, ang pananaw sa mundo ay magbabago ng paraan na tayo ay mabubuhay (cf. II Corinto 5:18-20). Tayo ang mga lalaki at mga babae sa misyon! Tayo ay naligtas upang maglingkod. Tayong lahat ay mga katiwala ng ebanghelyo at mga kaloob!

▣ **"ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos"** Ang tanging pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan ay ang di-nagbabagong, mapagbiyaya kahabagan ng Diyos. Ang Trinidad na Diyos ay ipinagkaloob ang lahat na bagay na kailangan natin para sa masaganang buhay. Ang ating pag-asa ay kung sino Siyoa at kung ano ang Kanyang ginawa.

Ito ay nakakagulat na madalang na ginamit ni Lucas ang PANGNGALANG "ebanghelyo" (wala sa Lucas at tanging dalawang beses lamang sa Mga Gawa, 15:7; 20:24), ngunit siya ay ginagamit na PANDIWA nang maraming, maraming beses sa kapwa mga aklat.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:25-35**

[25]**At ngayon, narito, nalalaman ko na kayong lahat, na aking nilibot na pinangaralan ng kaharian, ay hindi na ninyo muling makikita pa ang aking mukha.** [26]**Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao.** [27]**Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Diyos.** [28]**Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Banal na Espiritu na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesiya ng Panginoon na binili niya ng kaniyang sariling dugo.** [29]**Aking talastas na pagalis ko ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan;** [30]**At magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan.** [31]**Kaya nga kayo'y mangagpuyat, na alalahaning sa loob ng tatlong taon ay hindi ako naglikat sa gabi at araw ng paalaala sa bawa't isa na may pagluha.** [32]**At ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Diyos, at sa salita ng kaniyang biyaya, na makapagpapatibay, at makapagbibigay sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging banal.** [33]**Hindi ko inimbot ang pilak ninoman, o ang ginto, o ang pananamit.** [34]**Nalalaman din ninyo na ang mga kamay na ito ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa aking mga kasamahan.** [35]**Nagbigay halimbawa ako sa inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Hesus, na siya rin ang may sabi, Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap.**

**20:25 "nalalaman ko na kayong lahat. . .ay hindi na ninyo muling makikita pa ang aking mukha"** Siya ay nagpaplanong pumunta sa Espanya (cf. Roma. 15:24,28), ngunit ito ay maaaring sa konteksto ay tumutukoy sa kanyang darating, hinulaang pagkakakulong at maaaring kamatayan sa Herusalem. Kung ang mga Sulat Pastoral ay inilarawan ang pang-apat pang-misyong paglalakbay ni Pablo, pagkatapos siya ay bumalik muli sa katulad na lugar.

1. Efeso, I Timoteo 1:3; 3:14; 4:13
2. Mileto, II Timoteo 4:20
3. Maaaring kahit na Troas, II Timoteo 4:13.

Si Pablo ay nabuhay sa pananampalataya sa pamumuno ng Diyos. Hindi niya nalalaman ang tiyak na hiniharap.

▣ **"pinangaralan ng kaharian"** Tingnan ang tala sa 2:34.

**20:26 "ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao"** Ito ay isang Hudyong wikain, tulad ng Mga Gawa 18:6, o mas tiyak, Ezekiel 3:16ff at 33:1ff. Si Pablo ay matapat na ipinakilala ang ebanghelyo (cf. II Corinto 2:17). Ngayon ang sinumang tumugon at sa kanilang tumangi ang nagdadala ng kabigatan sa kanilang sariling pagpapasiya. Ang isa sa paglilingkod, ang isa ay sa pagkawasak (cf. II Corinto 2:15-16).

**20:27 "hindi ko ikinait"** Tingnan ang tala sa 20:20.

▣ **"ng buong kapasiyahan ng Diyos"** Palagian nating ipangaral ang buong mensahe ng Diyos, hindi lang ang ating paboritong bahagi! Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa mga Judaizer na nag-aangkit na si Pablo ay nag-iwan ng bahagi ng mensahe (i.e., Kautusan ni Moises-Judaismo) o sa mga karismatiko sa II Corinto 12 na ipinagpapalagay na si Pablo ay walang espiritwal na mga karanasan. Ang layunin ng Diyos ay maipanumbalik ang tao sa lubusang pakikipag-ugnayan sa Kanya, na ang layunin ng paglilikha (cf. Genesis 1:26,27; 3:8; 12:3).

**20:28 "Ingatan ninyo ang inyong sarili"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS. Ang pagpapaalalang ito ay nasa I Corinto 16:13; Colosas 4:2; I Thesalonica 5:6,10 din. Ang Kristyanong buhay ay mayroong ay kapwa isang maka-Diyos at isang pantaong aspeto. Ang Diyos palaging gumagagawa ng pagpapauna at nagtatakda ng adyenda, ngunit ang mga mananampalataya ay kailangang tumugon at magpatuloy sa pagtugo. Sa isang kaunawaan tao ay may pananagutan para sa ating espiritwal na mga buhay (cf. Filipos 2:12-13). Kung ano ang tunay sa indibidwal na mga mananampalataya, ay tunay na para sa mga pinuno sa iglesiya (cf. I Corinto 3).

▣ **"at ang buong kawan"** Ito ay isang talinghaga para sa bayan ng Diyos (cf. Mga Awit 23; Lucas 12:32; Juan 21:15-17). Ito rin ay ang pinanggalingan ng terminong "pastor." Tingnan ang tala sa 20:17. Ang mga pinuno ng Iglesiya ay may pananagutan sa Diyos para sa kanilang mga sarili at kanilang mga iglesiya (cf. I Corinto 3).

▣ **"ginawa kayo ng Banal na Espiritu"** Ito ay nagpapakita ng banal na panawagan ng Diyos sa pagpili ng pinuno ng iglesiya.

▣ **"mga obispo"** Tingnan ang tala sa 20:17.

▣ **"ang iglesiya ng Diyos"** "Diyos" ay matatagpuan sa ang sinaunang Griyegong mga kasulatan $P^{74}$, A, C, D, at E, habang "Panginoon" ay matatagpuan sa MSS א at B. Si Pablo ay ginagamit ang pariralang "iglesiya ng Diyos" kadalasan, ngunit di kailanman ang pariralang "iglesiya ng ang Panginoon." Ang konteksto ay nagtataguyod ng "ang iglesiya ng ang Panginoon" dahil ang susunod na parirala, "sa Kanyang sariling dugo," na tiyakang tumutukoy kay Kristo. Subalit, ito ay isang uri ng

editoryal na pagsasaling pagbabagyo na maaaring inaasahan (tingnan si Bruce M. Metzger, *One Textual Commentary*, pp. 480-482). Samakatuwid ang UBS[4] Griyegong teksto ay pinanatili ang "Diyos," ngunit binigyan ito ng isang "C" na antas. "Panginoon" ay maaaring pinaka di-karaniwang at mahirap na pagbasa (tingnan ang Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal na Kritisismo).

Ang tekstong ito ay nagsisilbi bilang isang mabuting halimbawa ng kung paano binago ng mga eskriba ang mga teksto para sa teolohikong mga layunin. Isang mabuting pagtalakay ay matatagpuan kay Bart Ehrman, *The Orthodox Corruption of the Holy Scriptures*, pp. 87-89. Ang mga eskriba ay binabago ang mga teksto upang gawin silang mas malakas sa doktrina laban sa Kristolohikong maling pananampalataya ng kanilang araw. Ang Mga Gawa 20:28 ay nag-aalok ng isang uri ng mga pagbabago na maaaring kaugnay sa panloob na pagkasaysayang/teolohikong mga pag-iigting.

Bago natin isuko ang ating mga kamay sa kawalan ng pag-asa, kailangan nating tandaan na ang Bagong Tipan ay mayroong isang higit na mataas na tekstwal tradisyon, na higit na mabuti sa kahit-anong ibang sinaunang kasulataan. Bagaman hindi natin lubusang matitiyak ang tiyak na paggamit ng mga salita sa orihinal na mga kasulatan, tayo pa rin ay may isang mapagkakatiwalaan at wastong teksto! Ang orihinal na mga salita ay may mga kaibahan. Ang mga kaibahang ito ay hindi makakaapekto sa kahit-anong pangunahing mga doktrina!! Tingnan ang *Rethinking New Testament Textual Criticism* ni David Alan Black.

▣ **"na binili niya ng kaniyang sariling dugo"** Ipinapaliwanag nito ang OT konseptong ng panghaliling paghahandog (cf. Levitico 1-7; Isaias 53). Ang pagbibigay-diing ito ay nakakagulat na hindi nabanggit nang marami sa *kerygma* ng Mga Gawa (tingnan si James D. G. Dunn, *Unity and Diversity of the NT*, pp. 17- 18). Ito rin ay maaaring isang malakas na sangunian sa pagka-Diyos ni Hesus (i.e., "iglesiya ng Diyos"). Kadalasang ginagamit ni Pablo ang mga pariralang tumutuon sa katotohanang ito (cf. Roma. 9:5; Colosas 2:9; Tito 2:13).

Ito rin ay maaari na upang isalin ang Griyegong pariralang ito bilang "sa pamamagitan ng Kanyang sarili," na nangangahulugang malapit na kapag-anak (i.e., Kanyang Anak na si Hesus). Si F. F. Bruce, *Commentary on the Book the Acts*, p. 416 #59, ay nagsabing ang pariralang ito ay kailangang isalin na "sa pamamagitan ng ang dugo ng Kanyang sariling isa," na kaniyang ipinapahayag ay mainam na pagpapatunay sa Ehiptong Koine papyri na panitikan.

**20:29 "magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo"** Ito ay isang talinghaga batay sa nakalipas na paggamit ng mga talinghaga ng "kawan" at "pastol." Pinapatingkad nito ang suliranin ng bulaang mga guro, na kapwa mula sa labas (v. 29) at sa loob (v. 30). Sila ay kapwa dumating sa pananamit ng tupa (cf. Mateo 7:15-23; Lucas 10:3; Juan 10:12, gayundin sa interbiblikal na apokaliptikong panitikan, I Enoch 89:10-27; IV Ezra 5:18). Mga mananampalataya ay kailangang subukan silang nag-aangkin na nagsaalita para sa Diyos (cf. I Juan 4:1). Subukan sila sa pamamagitan ng kanilang pagiging matapat sa ebanghelyo, kapwa sa salita at gawa (cf. vv. 18-24; Mateo 7; Roma. 16:17-18).

**20:30 "mangagsasalita ng mga bagay na masasama"** "Pagsasalita" ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS KATAGA, habang "mga masasamang bagay" ay isang GANAP BALINTIYAK NA KATAGA, ginamit bilang isang PANGGALAN (AKUSATIBO). Ang panimulang kahulugan nito ay "baluktutin." Ito ay ginamit sa paglalarawan ng lipunan ng tao (cf. Lucas 9:41; Filipos 2:15). Ang gawain nito ay inilalarawan (iba't-ibang termino) sa II Pedro 3:15-16.

▣ **"upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan"** Ang teolohikong katanungan ay, "Sila bang inilayo, ay espiritwal na napahamak o nalito?" (cf. Mateo 24:24). Imposible itong maging dogmatiko, ngunit ang tunay na pananampalataya ay nagpapatuloy! (cf. I Juan 2:18).

## NATATANGING PAKSA: APOSTASYA (*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA

Ang Griyegong salitang ito na *aphistēmi* ay may malawak na semantikong larangan. Gayunman, ang Ingles na salitang "apostasya" ay nanggaling sa salitang ito ay at may pagkiling ang kanyang pagkagamit na makabagong mambabasa. Ang konteksto, na palagian, ay ang susi, hindi ang isang paunang itinakdang kahulugan.

Ito ay isang tambalang salita mula sa pang-ukol na *apo*, na nangangahulugang "mula sa" o "malayo sa" at *histēmi*, "umupo," "tumayo," o "ayusin." Pansinin na ang mga sumusunod (di-teolohiko) na mga pagkakagamit:

1. alisin ng pisikal
   a. mula sa Templo, Lucas 2:37
   b. mula sa isang bahay, Marcos 13:34
   c. mula sa isang tao, Marcos 12:12; 14:50; Gawa 5:38
   d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin sa politika, Gawa 5:37
3. alisin sa pakikipag-ugnayan, Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin sa batas (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:24

6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; 22:27; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. bawiin, patawarin, ipadala ang pagiging makasalanan, Exodo 32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. pagpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. kalimutan ang paglayo mula sa
    a. Kautusan, Mateo 23:23; Gawa 21:21
    b. Pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II Tesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 2:13

Ang makabagong mga mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong katanungan sa mga manunulat sa NT na hindi kailanman nila naisip. Ang isa dito ay maiuugnay sa makabagong pagkahilig na ihiwalay ang pananampalataya mula sa katapatan.

May mga tao sa Bibliya na may pakikipag-ugnayan sa bayan ng Diyos at may ilang bagay ang nangyari.

A. Lumang Tipan
    1. Silang nakarinig ng ulat ng labingdalawang (sampu) espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
    2. Korah, Bilang 16
    3. Mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
    4. Si Saul, I Samuel 11-31
    5. Mga Bulaang Propeta (mga halimbawa)
        a. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang makilala ang isang bulaang propreta)
        b. Jeremias 28
        c. Ezekiel 13:1-7
    6. Mga Bulaang Propeta (babae)
        a. Ezekiel 13:17
        b. Nehemias 6:14
    7. Mga Masasamang Pinuno ng Israel (mga halimbawa)
        a. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
        b. Ezekiel 22:23-31
        c. Mikas 3:5-12

B. Bagong Tipan
    1. Ang Griyegong salitang ito sa literal, ay *lubusang pagtalikod.* Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa pinapatunayan ang isang pagtindi ng kasamaan at bulaang mga turo bago ang Pangalawang Pagdating (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Gawa 20:29,30; II Tesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyegong salitang ito ay maaaring maglarawan ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na matatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay maliwanag na hindi mga Kristiyano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na maakit at mabihag ang mga di-malagong mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

        Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga bulaang mangangaral ay naging mga mananampalataya? Ito ay mahirap na sagutin dahil sila ay mga bulaang mangangaral sa mga lokal na iglesiya (cf. I Juan 2:18-19). Kadalasang ang ating teolohikong o denominasyonal na mga tradisyon ang sumasagot sa katangungang ito na walang partikular na sangunian sa mga teksto ng Bibliya (maliban sa paraan ng patunay na teksto na sumisipi ng isang talata na labas sa konteksto sa inaakalang patunay ng isang pagkatig ).
    2. Tila may pananampalataya
        a. Si Judas, Juan 17:12
        b. Si Simon Magnus, Gawa 8
        c. Silang nabanggit sa Mateo 7:13-23
        d. Silang nabanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
        e. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59
        f. Sina lexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
        g. Silang nasa I Timoteo 6:21
        h. Sina Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
        i. Si Demas, II Timoteo 4:10
        j. Mga bulaang guro, II Pedro 2:19-22; Judas vv. 12-19
        k. Mga antikristo, I Juan 2:18-19
    3. Walang bungang pananampalataya
        a. I Corinto 3:10-15
        b. II Pedro 1:8-11

Madalang nating maisip ang patungkol sa mga teksto dahil ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo,

atbp.) ang nag-aatas ng mandatong pagtugon. Huwag niyo akong paunang husgahan dahil aking tatalakayin ko ang paksang ito. Ang aking pag-aalala ay ang tamang hemenyutikong pamamaraan. Kailangan nating hayaang magsalita ang Bibliya sa atin at hindi sumubok na ihugis ito sa isang nakasanayang teolohiya. Ito ay madalas na nakakasakit at nakakagulat dahil ang higit sa ating teolohiya ay pang-demoninasyunal, pang-kultura o pang-ugnayan (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal. Ang ilang kabilang sa Tao ng Diyos ay lumalabas na hindi dapat kabilang sa Tao ng Diyos (e.g., Roma 9:6).

**20:31 "kayo'y mangagpuyat"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS (cf. Marcos 13:35), na kaagapay sa v. 28, "Bantayan ninyo ang inyong mga sarili" (PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS). Ang mga pinuno ng Diyos at iglesiya ng Diyos ay kailangang nasa palagiang pagbabantay para sa bulaang mga guro—hindi sa kanila na iwinawaksi ang ating personal na mga pagtatangi, ngunit silang iwinawaksi ang ebanghelyo at ang mga implikasyon nito sa pamumuhay.

▣ **"sa loob ng tatlong taon"** Ito ay tumutukoy sa pananatili ni Pablo sa Efeso. Ang hudyat na ito ng panahon ay isinasama ang lahat ng gawain ni Pablo sa dakong ito. Siya ay nanatili nang mas matagal kasama ang mga mananampalatayang ito kaysa sa kahit-anong ibang lungsod, iglesiya, o dako. Nalalaman nila ang ebanghelyo. Ngayon kailangang nilang ipagtanggol ito at palaganapin ito!

**20:32 "ipinagtatagubilin ko kayo sa Diyos"** Ito ay nangangahulugang "ipagkatiwala sa" (cf. 14:23). Tayo ay may pananagutan sa Diyos para sa ebanghelyo na ipinagkatiwala sa atin (cf. I Timoteo 1:18). Tayo ay may pananagutan sa pagsalin ito on sa na siya rin namang magsasalin sa iba (cf. II Timoteo 2:2).

Ang pangalan "Diyos" ay matatagpuan sa MSS $P^{74}$, א, A, C, D, at E. Ang terminong "Panginoon" ay matatagpuan sa MS B. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa *Theos* ng isang "B" na antas (halos tiyak).

▣ **"at sa salita ng kaniyang biyaya"** Ito ay isang magkasingkahulugang parirala para sa "ebanghelyo." Tingnan ang tala sa v. 24.

▣ **"na makapagpapatibay"** Pansinin na ito ay ang persona at katotohanan ng Diyos (ang ebanghelyo) na nagdadala sa paglago (cf. 9:31). Madalas na gamitin ni Pablo ang talinghagaang ito. Ang Griyegong salitang ito ay maaaring isalin sa kapwa "pagpapatibay" o "magpatibayan" (cf. I Corinto 14). Ito ang layunin ng ebanghelyo, hindi lamang ang paglago ng indibidwal na mananampalataya, ngunit ng buong iglesiya.

## NATATANGING PAKSA: NAGPAPATIBAY

Ang salitang ito *oikodomeō* at kanyang ibang anyo ay madalas na ginamit ni Pablo. Sa literal, ito ay nangangahulugang "magtatag ng isang bahay" (cf. Mateo 7:24), ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa:

1. katawan ni Kristo, ang iglesiya, I Corinto 3:9; Efeso 2:21; 4:16
2. pagpapatibay ng
   a. mga mahinang kapatid, Roma 15:1
   b. kapwa, Roma 15:2
   c. bawa't-isa, Efeso 4:29; I Tesalonica 5:11
   d. ang mga banal para sa gawain, Efeso 4:11
3. tayo ay nagpapatatag o nagpapatibay sa pamamagitan ng
   a. pag-ibig, I Corinto 8:1; Efeso 4:16
   b. pagtatakda ng pansariling kalayaan, I Corinto 10:23-24
   c. pag-iwas sa mga haka-haka, I Timoteo 1:4
   d. pagtatakda sa mga magsasalita sa mga panambahang paglilingkod (mga umaawit, mga guro, mga propeta, mga nagsasalit ng mga wika, at mga taga-pagsalin), I Corinto 14:3-4,12
4. ang lahat ng mga bagay ay kailangang makapagpatibay
   a. kapangyarihan ni Pablo, II Corinto 10:8; 12:19; 13:10
   b. buod na mga pahayag sa Roma 14:19 at I Corinto 14:26

▣ **"at makapagbibigay sa inyo ng mana"** Sa OT, ang Diyos ay ang pamana sa mga Levita at mga Saserdote. Sa NT, ang Diyos ay pamana sa lahat ng mga mananampalataya dahil ang mga mananampalataya ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng persona at gawain ni Kristo (cf. Roma. 8:15,17; Galacia 4:1-7; Colosas 1:12).

Ang mga mananampalataya sa NT, tulad ng mga Israelita sa OT, ay mga saserdote (cf. I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Tayo ay ginawang mga ministro ng napahamak na sanlibutan.

▣ **"sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging banal"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA KATAGA. Tingnan ang

Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal sa 9:32.

**20:33 "pilak ninoman, o ang ginto, o ang pananamit"** Ito ang mga bagay ng kayamanan. Ipinagtatanggol ni Pablo ang kanyang mga pagkilos at mga layunin. Sa NT, ang katakawan at sekswal na panghihikayat ay kadalasang palatandaan ng bulaang mga guro (cf. I Corinto 3:10-17).

**20:34 "nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko"** Si Pablo ay tumanggi na humingi ng tulong mula sa mga iglesiya na kasalukuyan niyang pinaglilingkuran dahil sa palagiang mga paratang ng ang bulaang mga guro patungkol sa kanyang mga layunin. Itinataguyod ni Pablo ang kanyang sarili (cf. I Corinto 4:12; 9:3-7; II Corinto 11:7-12; 12:13; I Thesalonica 2:9; II Thesalonica 3:6-13). Gayundin, si Pablo, bilang isang sinanay na rabbi, ay mayrong ma pansariling pagkabahala patungkol sa pagtanggap ng salapi para sa pangangaral. Subalit, kanyang ipinapahayag na ang mga ministro ng ebanghelyo ay kailangang matustusan (cf. I Corinto 9:3-18; I Timoteo 5:17-18).

Mayroong isang napakahusay na maikling kasaysayan ng unang siglong Mediteranong mundo ni James S. Jeffers, *The Greco-Roman World of the New Testament Era*. Binabanggit nito na si Pablo nagpapahiwatig sa paggawa sa kanyang sariling mga kamay upang matustusan ang kanyang pisikal na mga pangangailangan sa lahat ng tatlong pang-misyong paglalakbay (cf. p. 28).

1. Unang paglalakbay, I Corinto 4:12; 9:6; I Thesalonica 2:9
2. Pangalawang paglalakbay, Mga Gawa 18:3
3. Pangatlong paglalakbay, Mga Gawa 19:11-12; 20:34; II Corinto 12:14

**20:35** Pansinin na ang mahirap na trabaho ng mga mananampalataya ay hindi para sa pansariling pakinabang o luho, ngunit para sa kapakanan ng iba na nangangailanga ng pangalan ni Kristo (cf. II Corinto 9:8-11). Ang sipi ni Pablo mula kayHesus ay hindi matatagpuan sa kahit-anong ng ang mga Ebanghelyo. Samakatuwid, ito ay isang pasalitang tradisyon.

Ang "mahina" ay hindi ginamit dito sa kaunawaan sa lubhang maiingat na mga Kristiyano (cf. Roma. 14:1; 15:1; I Corinto 8:9-13; 9:22), ngunit sa may pangangailangang pisikal. Si Pablo ang nagtataguyod sa kanyang sarili at iba pang mga mananampalataya na nangangailangan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:36-38

**[36]At nang makapagsalita na siya ng gayon, ay nanikluhod siya at nanalanging kasama silang lahat. [37]At silang lahat ay nagsipanangis nang di kawasa, at nangagsiyakap sa leeg ni Pablo at siya'y hinagkan nila. [38]Na ikinahahapis ng lalo sa lahat ang salitang sinabi niya, na hindi na nila makikitang muli pa ang kaniyang mukha. At kanilang inihatid siya sa kaniyang paglalakbay hanggang sa daong.**

**20:36 "nanikluhod siya"** Ito ay hindi kadalasang pustura ng panalangin mula sa pang-Hudyong kaligiran ni Pablo. Ito ay maaaring isang natatanging ritwal na pangako (cf. v. 32; 21:5).

**20:37 "nangagsiyakap sa leeg ni Pablo"** Ang NKJV ay mas literal, "nahulog sa leeg ni Pablo." Salamat sa Diyos para sa mga pinuno ng iglesiya na dumating at tumulong sa atin!

**20:38 "Na ikinahahapis ng lalo sa lahat ang salitang sinabi niya"** Ito ay tumutukoy sa v. 25.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit naglalakbay si Pablo na may kasamang napakaraming tao mula sa iba't-ibang mga lungsod sa v. 4?
2. Ano ang teolohikong layunin ng vv. 7-10?
3. Bakit ang v. 13 ay lubhang nakakalito?
4. Bakit ipinagtanggol ni Pablo ang kanyang sarili sa mga matatanda ng Efeso?
5. Bakit pupunta pa rin sa Herusalem si Pablo kung ang mga propeta ay binalaaan siya patungkol sa matinding kahihinatnan ng kanyang pagdalaw? (Vv. 22-23)
6. Bakit ang mga bulaang propeta ay karaniwan sa bawat panahon at lugar? Sila ba ay tinubos? Ang mba sumusunod ba sa kanila ay tinubos din? Ano ang isang bulaang propeta?
7. Bakit ang vv. 36-38 ay magdudulot sa atin na magmahal at manalangin para sa ating lokal na mga pinuno?

# MGA GAWA 21

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Paglalakbay ni Pablo sa Herusalem | Mga Babala sa Paglalakbay sa Herusalem | Si Pablo ay Bumalik sa Palestina | Si Pablo ay Pumunta sa Herusalem | Ang Paglalakbay sa Herusalem |
| | | (20:7-21:14) | | |
| 21:1-6 | 21:1-14 | 21:1-6 | 21:1-6 | 21:1-6 |
| 21:7-14 | | 21:7-14 | 21:7-11 | 21:7-14 |
| | Si Pablo ay Nakiusap para sa Kapayapaan | Ang Pagsang-ayon ni Pablo sa Judaismo | 21:12-13 | Ang Pagdating ni Pablo sa Herusalem |
| | | | 21:14 | |
| 21:15-16 | 21:15-25 | 21:15-16 | 21:15-16 | 21:15-16 |
| Dinalaw ni Pablo si Santiago | | | Dinalaw ni Pablo si Santiago | |
| 21:17-26 | Dinakip sa Templo | 21:17-26 | 21:17-25 | 21:17-25 |
| | 21:26-36 | | 21:26 | 21:26 |
| Dinakip sa Tempo si Pablo | | Pagdakip ka Pablo | Pagdakip kay Pablo sa Templo | Pagdakip kay Pablo |
| 21:27-36 | | (21:27-22:29)<br>21:27-36 | 21:27-29 | 21:27-29 |
| | | | 21:30-36 | 21:30-36 |
| Ipinagtanggol ni Pablo ang Sarili | Pagpapahayag sa Karamihan ng Tao sa Herusalem | | Ipinagtanggol ni Pablo ang Sarili | |
| 21:37-22:5 | (21:37-22:21) | 21:37-40 | (21:37-22:5)<br>21:37a | 21:37-40 |
| | | | 21:37b-38 | |
| | | | 21:39 | |
| | | | 21:40-22:2 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

Ang kabanatang ito ay nakakagulat sa kung ano ang hindi nito sinabi! Walang nabanggit na pagbibigay-diin si Pablo sa isang pag-aambagan mula sa ang Hentil na mga iglesiya patungo sa Herusalem na iglesiya.

Si James D. G. Dunn, *Unity and Diversity of the NT*, pp. 272-278, ay gumawa ng nakakawiling pagpapalagay na mayroong pag-iigting sa pagitan nina Santiago (kilala sa kanyang katapatan sa mga tradisyon ng Judaismo) at Pablo sa lugar ng Pasalitang Tradisyon sa buhay ng isang nananampalatayang Hudyo.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:1-6

**[1]At nang mangyaring kami'y mangakahiwalay na sa kanila at mangaglayag, ay tuloytuloy na pinunta namin ang Coos, at nang kinabukasa'y ang Rodas, at buhat doo'y ang Patara: [2]At nang aming masumpungan ang isang daong na dumaraang patungo sa Fenicia, ay nagsilulan kami, at nagsipaglayag. [3]At nang matanaw namin ang Chipre, na maiiwan namin sa dakong kaliwa ay nagsilayag kaming hanggang sa Siria, at nagsidaong sa Tiro; sapagka't ilulunsad doon ng daong ang kaniyang lulan. [4]At nang masumpungan ang mga alagad, ay nangatira kami doong pitong araw: at sinabi ng mga ito kay Pablo na sa pamamagitan ng Espiritu, na huwag siyang tutungtong sa Herusalem. [5]At nang mangyari na maganap namin ang mga araw na yaon, ay nagsialis kami at nangagpatuloy sa aming paglalakbay: at silang lahat, pati ng mga asawa at mga anak, ay humatid sa amin sa aming paglalakad hanggang sa labas ng bayan: at sa paninikluhod namin sa baybayin, kami'y nagsipanalangin, at nangagpaalaman sa isa't isa; [6]At nagsilulan kami sa daong, datapuwa't sila'y muling nagsiuwi sa bahay.**

**21:1 "mangaglayag, ay tuloytuloy na pinunta"** Ito ay isang paglalayag natermino na nangangahulugang maglayag sa isang tuloy-tuloy na ruta (cf. 16:11). Alam na alam ni Lucas ang mga termino sa paglalayag (cf. v. 3). Karamihan ng "tayo" na mga bahagi ng Mga Gawa ay kinapapaloban ng paglalayag.

▣ **"Coos"** Ang pangalan ay nangangahulugang "tuktok." Ito ay ang pangalan ng kapwa isang pulo at ang pinakamalaking lungsod nito. Ito ay lupain ng tahanan ni Hippocrates (ika-5 siglo B.C.) at ito ay lugar ng isang malaking medikong paaralan. Ito ay isang malayang estado ipinagpapalagay na bahagi ng Romanong lalawigan ng Asya. Ito ay matatagpuan halos apatnapung milya sa timog ng Mileto.

▣ **"Rodas"** Ito ay din ang pangalan ng isang pulo at punong lungsod nito. Ang pangkalakalan pulong ito ay kilala sa (1) kanyang mga rosas at (2) kanyang pamantasan, na dalubhasa sa retorika at pagtatalumpati. Sa nakalipas (29 B.C.) ito ay kilala sa mundo sa kanyang tanso, 104' na taas ng colosso ng isang tao na nakatayo sa daungan. Ang bantayog ay gumaganap bilang isang parola.

▣ **"Patara"** Ang Kanluraning pamilya ng Griyegong mga kasulatan (cf. $P^{41}$, D) at ilang Lumang Latin mga salin ay nagdadagdag sa "at Mira" (lubhang maaari na ang pagdadagdag ay mula sa 27:5), na ang punong daungang para sa mga barko sa Siria. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay ng mas maikling pagbasa ng "A" na antas (tiyak).

Patara ay isang baybaying lungsod sa Lycia. Ito ay kilala sa kanyang orakulo ni Apollo, na sa isang panahon tinunggali kahit na si Delphi.

**21:2 "At nang aming masumpungan ang isang daong na dumaraang patungo sa Fenicia"** Ito ay maaaring isang mas malaking barko. Ang mga mas maliit na barko ay nakakapit sa baybayin. Ang barkong ito ay iniligtas sila nang maraming beses sa panahon ng pagkuta ng isang tuloy-tuloy na ruta.

**21:3 "nang matanaw namin ang Chipre"** Dina nito sa pag-iisip si Bernabe at ang unang pang-misyong paglalakbay.

▣ **"Tiro"** Ito ay ang baybaying kabisera ng Fenicia.

**21:4 "ang mga alagad"** Mayroong isang iglesiya sa ungsod na ito na maaaring nasimula pagkatapos ng pag-uusig kay Esteban (cf. 8:4; 11:19). Sa yugtong ito, ang mga mananampalataya ay naghahangad sa ibang mga mananampalataya na manatili (cf. vv. 7,16).

▣ **"sinabi ng mga ito kay Pablo na sa pamamagitan ng Espiritu, na huwag siyang tutungtong sa Herusalem"** Ito ay tumutukoy sa presensya ng mga propeta sa ganitong lokal na pagtitipon ng mga tao (cf. 20:23; 21:10-12). Ang kanilang mensahe na patungkol sa pag-uusig ay tunay at ngunit tila ang paglalakbay ni Pabo kalooban ng Diyos (cf. v. 14). Si esus, sa pamamagitan

niAnanias, ay isinalaysay kay Pablo ang patuungkol sa kanyang buhay-gawain(cf. Mga Gawa 9:15-16). Ang paghihirap ay maaaring bahagi ng ito, ngunit siya rin ay maaaring maging saksi sa mga hari.

**21:5 "sa paninikluhod namin sa baybayin, kami'y nagsipanalangin"** Ito ay isang napakagandang larawan ng Kristyanong pag-ibig at malasakit. Ito ay maaaring isang natatanging paglilingkod, tulad ng 20:32,36.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:7-14

**7At nang aming matapos ang paglalayag buhat sa Tiro, ay nagsidating kami sa Tolemaida; at kami'y nagsibati sa mga kapatid, at kami'y nagsitahan sa kanilang isang araw. 8At nang kinabukasan ay nagsialis kami, at nagsidating sa Cesarea: at sa pagpasok namin sa bahay ni Felipe na evangelista, na isa sa pito, ay nagsitahan kaming kasama niya. 9Ang tao ngang ito'y may apat na anak na binibini, na nagsisipanghula. 10At sa pagtira namin doong ilang araw, ay dumating na galing sa Judea ang isang propeta, na nagngangalang Agabo. 11At paglapit sa amin, at pagkakuha ng pamigkis ni Pablo, ay ginapos niya ang kaniyang sariling mga paa't kamay, at sinabi, Ganito ang sabi ng Banal na Espiritu, Ganitong gagapusin ng mga Hudyo sa Herusalem ang lalaking may-ari ng pamigkis na ito, at siya'y kanilang ibibigay sa mga kamay ng mga Gentil. 12At nang marinig namin ang mga bagay na ito, kami at gayon din ang nangaroroon doon ay nagsipamanhik sa kaniya na huwag ng umahon sa Herusalem. 13Nang magkagayo'y sumagot si Pablo, Anong ginagawa ninyo, na nagsisitangis at dinudurog ang aking puso? sapagka't ako'y nahahanda na hindi lamang gapusin, kundi mamatay rin naman sa Herusalem dahil sa pangalan ng Panginoong Hesus. 14At nang hindi siya pahikayat ay nagsitigil kami, na nagsisipagsabi, Mangyari ang kalooban ng Panginoon.**

**21:7 "Tolemaida"** Ang lungsod na ito ay ipinangalan pagkatapos sa Heneral ni Alejandro ang Dakila na nanguna sa Ehipto at isang ninuno ni Ptolemy II na nagtatag ng lungsod noong 26 B.C. Ito lamang ang likas na daungang sa baybayin ng Palestina. Sa OT ito ay tinawag na Acco (cf. Mga Hukom 1:31). Ngayon, ito ay tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng nag-krusada dito, Acre.

▣ **"mga kapatid"** Sa Mga Gawa ito ay magkasingkahulugan sa "mga alagad" (cf. vv. 4,16). Ito ay itinalaga sa mga mananampalataya ni Hesukristo.

▣ **"kami'y nagsitahan sa kanila"** Tingnan ang tala sa v. 4.

**21:8 "nagsialis kami"** Kung siya ay umalis sa pamamagitan ng lupa o dagat ay di-tiyak.

▣ **"Cesarea"** Ito ay ang Romanong punong-himpilan sa Palestina. Ito ay isang baybaying lungsod na may isang maliit na daungang ginawa ng tao. Si Felipe ang Ebanghelista ang nanirahan dito (cf. 8:40).

▣ **"na ebanghelista"** Ang terminong ito ay nakakatakang ginamit lamang ng tatlong beses sa NT (cf. Efeso 4:11 at II Timoteo 4:5). Tayo ay hindi tiyak, kung ano ang napapaloob sa pangminesteryong kaloob na ito. Ang termino mismo ay nangangahulugang "isa na nagpapahayag ng ebanghelyo."

▣ **"na isa sa pito"** Ito ay tumutukoy sa suliranin ng iglesiya sa Herusalem na dumadaing sa patas na pamamahagi ng pagkain sa mga balo na nagsasalita ng Griyego. Ang iglesiya ay pumili ng pito lalaki na mamamahala sa pangangailangang ito. Ang lahat sa kanila ay may Griyegong mga pangalan. Ang pitong ito ay mga makapangyarihang mangangaral. Sila ay ang unang sumalo ng pandaigdigang pangitain ng ebanghelyo (cf. Mga Gawa 6).

**21:9 "may apat na anak na binibini. . . na nagsisipanghula"** Tandaang si Lucas ay mayroong isang natatanging malasakit para sa mga babae. Tayo nating isiping muli ang ating kalalagayan sa mga babae sa mga pamunuan kinalalagyan (cf. Joel 2:28-32; Mga Gawa 2:16-21) sa iglesiya na batay lahat sa NT katibayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kababaihan sa Bibliya sa 2:17. Ang isang aklat na nakatulong sa akin sa lugar na ito ay si Gordon Fee, *Gospel and Spirit*.

Ang tradisyon sa iglesiya ay nagsasabi na sila ay lumipat sa Asya Minor (Frigia) at ang kanyang mga anak na babae ay nabuhay nang matagal at naglingkod sa Diyos sa napakatandang edad. Nalaman natin ang tradisyong ito mula sa sipi ni Eusebio mula kapwa kina Polycrates at Papias (cf. *Eccl. Hist.* 3:31:2-5).

**21:10 "ang isang propeta, na nagngangalang Agabo"** Mayroong hindi kukulangin sa dalawang paraan upan maunawaan ang terminong ito.

1. sa mga sulat sa taga-Corinto, ito ay tumutukoy sa pagbabahagi o pangangaral ng ebanghelyo (cf. I Corinto 14:1)
2. ang aklat ng Mga Gawa ay binabanggit ang mga propeta (cf. 11:27-28; 13:1; 15:32; 21:10, kahit na babaeng propeta, 21:9)

Ang suliranin sa terminong ito ay, ano ang kaugnayan ng NT kaloob ng propesiya sa OT mga propeta? Sa OT, mga propeta ay ang manunulat ng Banal na Kasulatan. Sa ang NT ang gawaing ito ay ibinigay sa orihinal labing-dalawang mga Apostol at

kanilang mga lingkod. Gaya ng terminong "apostol" na napanatii bilang isang nagpapatuloy na kaloob (cf. Efeso 4:11), ngunit may panibagong gawain pagkatapos ng kamatayan ng ang Labindalawa, gayundin naman, ang tungkulin ng propeta. Ang inspirasyon (tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:1) ay tumigil; wala nang karagdagang kinasihang Banal na Kasulatan (cf. Jude v. 20). Ang pangunahing layunin ng mga propeta ng Bagong Tipan ay ang pamamahayag ng ebanghelyo, ngunit ipinakita niya rin kung paano iangkop ang mga katotohanan sa NT sa mga pangkasalukuyang kalalagayan at pangangailangan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Propesiya sa NT sa 11:27.

**21:11** Si Agabas, tulad ng OT mga propetang sina Jeremias at Ezekiel, ay isinabuhay ang kanyang kapahayagan.

**21:12 "nagsipamanhik sa kaniya"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Ito ay maaaring mangahulugang (1) magsimula ng isang pagkilos o (2) isang paulit-ulit na pagkilos sa nakalipas na panahon.

**21:13** Ito ay mahirap timbangin ang pang-propesiyang pagkilos na ito sa kaunawaan ni Pablo sa pagpunto sa Herusalem ay kalooban ng Diyos (cf. v.4).

▣ **"sa pangalan ng Panginoong Hesus"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ng Panginoon sa 2:21.

**21:14 "Mangyari ang kalooban ng Panginoon"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, ginamit sa kaunawaan ng isang panalangin. Ang Diyos ay mayroong isang plano at layunin para sa buay ng Diyos. Naramdaman ni Pablo na nalalaman niya ang kalooban ng Diyos kahit na sa mukhan ng partikular at paulit-ulit na propesiya patungkol sa mga suliranin na darating. Kinailangang maramdaman ni Pablo ang mga propesiyang ito ay para sa kanyang espiritwal at pangkaisipang paghahanda at hindi isang pagbabawal.

## NATATANGING PAKSA: ANG KALOOBAN (*thelēma*) NG DIYOS

**EBANGHELYO NI JUAN**

- Si Hesus ay dumating upang tuparin ang kalooban ng Ama (cf. 4:34; 5:30; 6:38)
- upang buhayin sa huling panahon yaong lahat ng binigay ng Ama sa Anak (cf. 6:39)
- na lahat ay manampalataya sa Anak (cf. 6:29,40)
- mga sinagot panalangin na may kaugnayan sa pagtupan ng kalooban ng Diyos (cf. 9:31 at I Juan 5:14)

**ANG SINOPTIKONG EBANGHELYO**

- ang pagtupad ng kalooban ng Diyos ay napakahalaga (cf. Mateo 7:21)
- ang pagtupad ng kalooban ng Diyos ay ginagawang isang kapatid kay Hesus (cf. Mateo 12:50; Marcos 3:35)
- hindi kalooban ng Diyos na ang sinoman ay mapahamak (cf. Mateo 18:14; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9)
- Ang Kalbaryo ay kalooban ng Ama para kay Hesus (cf. Mateo 26:42; Lucas 22:42)

**MGA SULAT NI PABLO**

- ang pagiging ganap at paglilingkod ng lahat ng mananampalataya (cf. Roma 12:1-2)
- ang mga mananampalataya ay naligtas mula sa masamang panahong ito (cf. Galacia 1:4)
- Ang kalooban ng Diyos ay ang Kanyang planong pangkatubusan (cf. Efeso 1:5,9,11)
- ang mga mananampalataya ay dumaranas at nabubuhay ng puspos ng Espiritu (cf. Efeso 5:17-18)
- ang mga mananampalataya ay puspos ng karunungan ng Diyos (cf. Colosas 1:9)
- ang mananampalataya ay ginawang ganap at lubos (cf. Colosas 4:12)
- ang mga manamanpalataya ay pinagpapaging banal (cf. I Tesalonica 4:3)
- ang mga mananampalataya ay laging nagpapasalamat sa lahat ng bagay (cf. I Tesalonica 5:18)

**MGA SULAT NI PEDRO**

- ang mga mananampalataya ay gumagawa ng tama (i.e., nagpapasakop sa mga awtoridad sibil) at manapay napapatahimik ang mga hangal na tao, nagbibigay daan sa pageebanghelyo (cf. I Pedro 2:15)
- ang mga mananampalataya ay nagdurusa (cf. I Pedro 3:17; 4:19)
- ang mananampalataya ay hindi namumuhay ng makasariling pamumuhay (cf. I Pedro 4:2)

**MGA SULAT NI JUAN**

- ang mga mananampalataya ay nanatili magpakailanman (cf. I Juan 2:17)
- ang mga mananampalataya ang susi sa panalanging tinugon (cf. I Juan 5:14)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:15-16

**15 At pagkatapos ng mga araw na ito ay binuhat namin ang aming daladalahan at nagsiahon kami sa Herusalem.**
**16 At nagsisama naman sa aming mula sa Cesarea ang ilan sa mga alagad, at kanilang isinama ang isang Mnason, na taga Chipre, isa sa mga kaunaunahang alagad, na sa kaniya kami magsisipanuluyan.**

**21:15 "binuhat namin ang aming daladalahan"** Ang King James Version ay mayroong "kinuha ang ating mga dinadala" (NKJV ay mayroong "balutin"). Ito ay isang grapikong salita na ginamit sa paghahandang paglalakbay at ay matatagpuan lamang dito sa ang NT.

▣ **"Herusalem"** Ito ay halos 64 milya ang layo.

**21:16 "Mnason"** Ito ay isang Hudyong Kristyano mula sa Chipre (tulad niBernabe). Siya ay maaaring isa sa Hellenistikong mga Hudyo, tulad ng Pito sa Mga Gawa 6. Tila siya ay naging isang mananampalataya nang maaga; maaaring si Lucas ang nakapanayam niya para sa kanyang Ebanghelyo habang na mamalagi sa Palestina sa panahon ng pagkakakulong ni Pablo sa Cesarea.

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL SA MGA GAWA 21:17-23:30

**A. MAIKLING BALANGKAS NG MGA GAWA 21:17-26:32** (Pagkakakulong ni Pablo at kapwa pagtatanggol sa Herusalem at Cesarea.)

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Kaguluhan at pagdakip sa Templo | 21:17-40 |
| 2. | Depensa ni Pablo sa karamihan ng tao | 22:1-22 |
| 3. | Ang Romanong Interogasyon | 22:23-30 |
| 4. | Ang Interogasyon ng Sanhedrin | 23:1-10 |
| 5. | Ang sabwatan na pagpatay kay Pablo | 23:11-35 |
| 6. | si Pablo sa harapan ni Felix | 24:1-23 |
| 7. | si Pablo sa harapan ni Felix at Drucilla (pridado) | 24:24-27 |
| 8. | si Pablo sa harapan ni Festo | 25:1-12 |
| 9. | si Pablo sa harapan nina Agripa II at Bernice | 25:13-26:32 |

**B. MGA KARANIWANG SANGKAP SA PAGTATANGGOL (DEPENSA) NI PABLO**

| Karaniwang Sangkap | Si Pablo sa harapan ng mga tao | si Pablo sa harapan ng Sanhedrin | si Pablo sa harapan ni Felix | si Pablo sa harapan nina Festo at Agripa II |
|---|---|---|---|---|
| 1. Kanyang Hudyong Kaligiran | 22:3 | | 24:14,17-18 | 26:4 |
| 2. Kanyang Pagsasa-nay at Kasigasigan bilang Fariseo | 22:3 | 23:6-9 | 24:15,21 | 26:5-8 |
| 3. Ang kanyang pag-uusig ng "Ang Daan" | 22:4-5 | | | 26:9-11 |
| 4. Ang Kanyang Personal na Patotoo Kanyang Kaligtasan | 22:6-16 | | | 26:12-16 |
| 5. Kanyang Pagtawag sa tiyak na ministeryo ng Diyos | 22:17-22 | | | 26:17-23 |

**C. PAGHAHAMBING SA MGA SADUCEO AND MGA FARISEO**

| | MGA SADUCEO | MGA FARISEO |
|---|---|---|
| Pinagmulan | Yugto ng Macabeo | Yugto ng Macadebo |
| Kahulugan ng Pangalan | "mga Sadocito"? | "Ang mga Inihiwalay"? |
| Panlipunang Kalagayan | Aristokratikong Saserdote | Panggitnang Uring Karaniwang Tao |

| | | |
|---|---|---|
| Katanungang Pangkasulatan | Nakasulat na Kautusan lamang<br>(lalo na ang Genesis<br>hanggang Deuteronomio) | Ang lahat ng ang Pasalita & Nakasulat na Kautusan<br>idagdag ang mga Propeta at mga Kasulatang<br>bahagi ng OT kanon |
| Teolohiya | Konserbatibo<br>– sadyang kasalungat<br>ng mga Fariseo, na<br>na pinaparatangang<br>na naimpluwensyahan<br>ng Zoroastrianismo<br>(cf 23:8) | Progresibo<br>– lubhang maunlad na angelohiya<br>– paniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan<br>at muling pagkabuhay<br>– napaayos ng mga kautusa sa pang-araw-araw na buhay |

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:17-26

**[17]At nang magsidating kami sa Herusalem, ay tinanggap kami ng mga kapatid na may kagalakan. [18]At nang sumunod na araw ay pumaroon si Pablo na kasama kami kay Santiago; at ang lahat ng mga matanda ay nangaroroon. [19]At nang sila'y mangabati na niya, ay isaisang isinaysay niya sa kanila ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa mga Gentil sa pamamagitan ng kaniyang ministerio. [20]At sila, nang kanilang marinig yaon, ay niluwalhati ang Diyos; at sa kaniya'y sinabi nila, Nakikita mo na, kapatid, kung ilang libo-libo ang mga Hudyo na nagsisisampalataya; at silang lahat ay pawang masisikap sa kautusan. [21]At nabalitaan nila tungkol sa iyo, na itinuturo mo sa lahat ng mga Hudyo na nangasa mga Gentil na magsihiwalay kay Moises, na sinasabi mo sa kanila na huwag tuliin ang kanilang mga anak ni mangagsilakad ng ayon sa mga kaugalian. [22]Ano nga baga ito? tunay na kanilang mababalitaang dumating ka. [23]Gawin mo nga itong sinasabi namin sa iyo: Mayroon kaming apat katao na may panata sa kanilang sarili; [24]Isama mo sila, maglinis kang kasama nila, at pagbayaran mo ang kanilang magugugol, upang sila'y mangagpaahit ng kanilang mga ulo: at maalaman ng lahat na walang katotohanan ang mga bagay na kanilang nabalitaan tungkol sa iyo; kundi ikaw rin naman ay lumalakad ng maayos na tumutupad ng kautusan. [25]Nguni't tungkol sa mga Gentil na nagsisisampalataya, ay sinulatan namin, na pinagpayuhang sila'y magsiilag sa mga inihain sa mga diosdiosan, at sa dugo, at sa binigti, at sa pakikiapid. [26]Nang magkagayo'y isinama ni Pablo ang mga tao, at nang sumunod na araw nang makapaglinis na siyang kasama nila ay pumasok sa templo, na isinasaysay ang katuparan ng mga araw ng paglilinis, hanggang sa ihain ang haing patungkol sa bawa't isa sa kanila.**

**21:17** Ito ay isang mabuting tanda na ang mga mananampalataya sa Herusalem ay pinagkalooban sina Pablo at ang mga Hentil na naligtas ng isang taos-pusong pagtanggap (cf. Lucas 8:40; 9:11; Mga Gawa 2:41; 18:27; 21:17; 24:3; 28:30), ngunit mayroon ding pagkiling sa Herusalem na iglesiya (cf. vv. 20-21).

**21:18-19 "pumaroon si Pablo na kasama kami kay Santiago"** Mayroong hindi natatanging pagkabanggit dito ng kaloob mula sa Hentil na mga iglesiya (cf. 24:17). Gumawa si Pablo ng isang katulad na ulat kay Santiago sa 15:12. Si Santiago ay kapatid sa ina ni Hesus at iginagalang na pinuno ng Herusalem na Iglesiya (cf. Mga Gawa 12:17; 15:13).

**21:18 "ang lahat ng mga matanda ay nangaroroon"** Pansinin na walang pagkabanggit ng mga Apostol. Tila sila ay nasa pang-misyong paglalakbay sa labas ng bansa, o maaaring sila ay patay na. Ang paggamit ng terminong "mga matatanda" ay nagpapahayag pang-Hudyong gamit nito (cf. 4:5,8,23; 6:12; 11:30; 15:2,4,6,22,23; 16:4; 23:14; 24:1,25; 25:15; Hebreo 11:2; Santiago 5:14), hindi hindi ang sununod na paggamit nito sa iglesiya para sa mga pastor (cf. 14:23; 20:17,18,23; I Timoteo 5:17,19; Tito 1:5; I Pedro 5:1; II Juan 1; III Juan 1).

**21:19** Ang ilang mga tagapagpaliwanag ay nag-iisip na si Pablo ay tumanggap ng isang malamig na pagtanggap at ang salapi mula sa mga Hentil na iglesiya ay hindi ikinalugod. Ito ang kanilang linya ng pangangatuwiran.

1. si Pablo ay nanatili sa isang Helenistikong tahanan ng Hudyo, hindi isa sa mga pinuno ng ang Herusalem na iglesiya.
2. Walang pagpapahayag ng pasasalamat para sa kaloob. Walang kahit anong nabanggit.
3. Ang pamunuan ay kagyat na sinabi kay Pablo na hindi siya nagugustuhan ng libu-libo sa Herusalem na iglesiya.
4. Ang iglesiya ay di kailanman nagsabi na tinulugang si Pablo sa bilanguan o at kanyang mga paglilitis.

Ito ay kailangang sabihin na mayroong pagsasalungatan at pagkaligalig patungkol sa mensahe at misyon ni Pablo. Subalit, v. 19 ay tila sa paayon (positibo) para sa akin!

**21:20 "kung ilang libo-libo ang mga Hudyo"** Anong isang napakagandang pagkasaksi ng kapangyarihan ng ebanghelyo at ang pag-ibig ng Diyos sa mga Hudyo ng Herusalem. Mayroong isang nananampalatayang ng nalalabing Hudyo. Maaaring ang Zacarias 12:10 ay natupad na!

**"na nagsisisampalataya"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS KATAGA (tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 3:16 at 6:5). Ito ay tiyakang nagpapahiwatig ng tunay na nakakapagligtas na pananampalataya. Ang isa ay maaaring naligtas na walang lubusang pagkaunawa at kahit na di-pagkakaunawa ng lahat teolohikong isyu (cf. Mga Gawa 1:6; Lucas 19:11).

Ipinakilala sila ni Pablo bilang "mahinang" mga Kristiyano (cf. Roma. 14:1-15:13; I Corinto 8; 10:23-33). Siya ay yumukod upang sila ay palakasin, habang ang kanilang "kahinaan" ay hindi nakakaapekto sa ebanghelyo (ang mga Judaizer ng Galacia).

▣ **"silang lahat ay pawang masisikap sa kautusan"** Ito ay nagpapakita ng malaking bilang ng mga nagbagong-loob na mga Fariseo, mga panatiko, o mga Esseno. Subalit, ang pagbabagong-loob ay hindi nagtanggal ng kanilang pang-relihiyong pagkiling. Ang mga ito ay katulad sa ang Judaizer ng Galacia. Ito ay kung paanong inibig at itinaguyod ni Pabloang mga "mahinang" mmananampalataya, ngunit hindi nagpahintulot ng "bulaang mga guro" o silang may maling pagpapakilala sa ebanghelyo.

**21:21 "nabalitaan nila tungkol sa iyo, na itinuturo mo sa lahat ng mga Hudyo na nangasa mga Gentil na magsihiwalay kay Moises"** Ang pariralang "nabalitaan nila tungkol sa iyo" ay nagpapahayag ng Hebreong wikaing "uliting muli," na nagpapahiwatig ng pasalitang pagtuturo. Ito ay pinagsama ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN PANDIWA (pagtuturo) upang ipakita na ang mga Hudyo sa Herusalem ay patuloy na inuulit sabihin ang patungkol sa gawain ni Pablo sa isang may pagkiling na kaunawaan. Ang mga paratang na ito ay mas malubha kaysa pangangaral sa mga Hentil, na nagdudulot ng napakalaking suliranin (cf. Mga Gawa 15).

Ang terminong "talikuran" ay isang malakas na termino na naging Ingles bilang "pagtalikod sa pananampalataya" (cf. II Thesalonica 2:3). Ang teolohikong isyu na kaugnay sa kung papaanong ang nananampalatayang mga Hudyo ay kailangang maugnay sa OT ay hindi pa palagian! Sa ilan ay may pagkaunawa sa ito ay sumalamin sa mga isya issues ng "pang-Mesias na mga sinagoga"!

**21:23 "Mayroon kaming apat katao na may panata sa kanilang sarili"** Tila ang mga ito ay miyembro ng iglesiya. Ito ay tumutukoy sa isang limitadong panata ng Nazarito (cf. Mga Bilang 6:1-8). Si Pablo nang una ay kumuha ng isang katulad na panata (cf. 18:18). Tayo ay lubhang di-tiyak patungkol sa mga detalye ng limitadong panatang ito (cf. *Nazir* 1:3).

**21:23-25** Ang talatang ito ay nagbibigay sa atin ng kabatiran sa pananaw ni Pablo patungkol sa mga Hudyong Kristiyanong pakikipag-ugnayan sa ang Kautusan ni Moises. Si Pablo ay maaaring nagpatuloy sa pagsunod ng mga Hudyong tradisyon (cf. 18:18; 20:6), kahit papaano sa kapag sinusubukang mag-ebanghelyo sa mga Hudyo (cf. I Corinto 9:19-23). Ito ay maaaring isang pagpapatunay ng pang-Mesias na Hudyong mga pagsasama sa ating panahon.

**21:24 "pagbayaran mo ang kanilang magugugol"** Si Pablo ay maaaring hindi kumuha ng isang Nazaritong Panata mismo sa pagkakataong ito, ngunit nagbayad para sa kinakailangang pag-aalay para sa iba. Ang mga rabbi inisip na ito ay isang maraking karangalan na magbayad para sa panatang Nazarito (*Ned*. 10a).

## NATATANGING PAKSA: NAZARITONG PANATA

A. Ito ay isang paraan para sa isang tao, lalaki o babae (cf. Mga Bilang 6:1), na hindi sa angkan ni Levi, upang italaga ang kanyang sarili sa paglilingkod sa Diyos (i.e., "banal sa Panginoon"). Ang Nazariot ay nangangahulugang "isa inihiwalay" (BDB 634), na ugat na kaisipan ng Hebreong terminong banal.

B. Sa OT ito ay isang panghabang buhay na panata
   1. Samson (Mga Hukom 13:7)
   2. Samuel ( I Samuel 1:21)
   3. Juan de Bautista

C. Ang Judaismo ay nagpaunlad ng isang maikling terminong Nazaritong panata (maaaring umunlad mula sa mga salita sa Mga Bilang 6:5). Ang pinakamaikli ay tatlumpung araw. Ang maikling-terminong panata ay magtatapos sa pag-aahit ng ulo at pagsunog sa mga inahit na buhok kasama ng alay sa templo.

D. Ang mga partikular na mga pangangailangan (cf. Mga Bilang 6:1-8)
   1. Pagbabawal uminom ng alak at malalakas na inumin, huwag uminom ng produkto ng ubasan (cf. Mga Bilang 6:3-4).
   2. Huwag putulin ang buhok.
   3. Huwag hipuin ang isang patay na tao. Ito ay magiging di maaari ang pakikilahok sa kahit-anong pang-Hudyong mga gawain sa paglilibing.
   4. Isang pagtustos para sa disinasadyang pagkadungis ay sa Mga Bilang 6:9. Tila sa kalagayan ni Pablo sa Mga Gawa 21:23-25 ay nakapaloob ang isyung ito. Mayroong isang yugto ng paglilinis at isang pag-aalay na inaatas (cf. Mga Bilang 6:9-12).

▣ **"mangagpaahit ng kanilang mga ulo"** Ang Nazaritong panata ay tinalakay sa Mga Bilang 6. Sa kanilang kumuha nang

pangmatagalang mga panata ay hindi pinahihintulutang putulin ang kanilang buhok. Subalit, ang panandaliang panata ay ipinapakilala sa pamamagitan ng pag-aahit ng ulo sa pangkatapos ng panahon yugto. Ang talatang ito ay nagpapakita kung paanong sinubukan ni Pablo na tumalima sa kultura kung saan siya ay nagsumusubok na mangaral (cf. I Corinto 9:19-23; 10:23-33).

**21:25 "sinulatan namin"** Ito ay tumutukoy sa pampamunuang pahayag ng Konseho ng Herusalem (cf. Mga Gawa 15:19-20, 28-29). Ang dokumentong ito una sa lahat ay tinanggal ang pang-ritwal at mga hadlang sa pagkain sa pagitan ng nananampalatayang Hudyong at nananampalatayang Hentil na mga pangkat sa mga magkakahalong iglesiya ng diaspora (sa labas ng Palestina). Ito, gayunman, ay hindi nag-ugnay sa pakikipag-ugnayan ng nananampalatayang mga Hudyo sa ang Mosaikong Kasunduan.

**21:26 "ay pumasok sa templo"** Ito ay ang maaaring pagmulan sa suliranin, hindi ang paglutas nito!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:27-36

**27At nang halos tapos na ang pitong araw, ang mga Hudyong taga Asya, nang siya'y makita nila sa templo, ay kanilang ginulo ang buong karamihan at siya'y kanilang dinakip, 28Na nangagsisigawan, Mga lalaking taga Israel, magsitulong kayo: Ito ang tao na nagtuturo sa mga tao sa lahat ng dako laban sa bayan, at sa kautusan, at sa dakong ito; at bukod pa sa rito'y nagdala rin siya ng mga Griyego sa templo, at dinungisan itong dakong banal. 29Sapagka't nakita muna nila na kasama niya sa bayan si Trofimo taga Efeso, na sinapantaha nilang ipinasok ni Pablo sa templo. 30At ang buong bayan ay napakilos, at ang mga tao'y samasamang nagsipanakbuhan; at kanilang sinunggaban si Pablo, at siya'y kinaladkad na inilabas sa templo: at pagdaka'y inilapat ang mga pinto. 31At samantalang pinagpipilitan nilang siya'y patayin, ay dumating ang balita sa pangulong kapitan ng pulutong, na ang buong Herusalem ay nasa kaguluhan. 32At pagdaka'y kumuha siya ng mga kawal at mga senturion, at sumagasa sa kanila: at sila, nang kanilang makita ang pangulong kapitan at ang mga kawal ay nagsitigil ng paghampas kay Pablo. 33Nang magkagayo'y lumapit ang pangulong kapitan, at tinangnan siya, at siya'y ipinagapos ng dalawang tanikala; at itinanong kung sino siya, at kung ano ang ginawa niya. 34At iba'y sumisigaw ng isang bagay, ang iba'y iba naman, sa gitna ng karamihan: at nang hindi niya maunawa ang katotohanan dahil sa kaguluhan, ay ipinadala siya sa kuta. 35At nang siya'y dumating sa hagdanan ay nangyari na siya'y binuhat ng mga kawal dahil sa pagagaw ng karamihan; 36Sapagka't siya'y sinusundan ng karamihan ng mga tao, na nangagsisigawan, Alisin siya.**

**21:27 "ang mga Hudyong taga Asya"** Ang mga dating kaaway ni Pablo ay dumating sa Herusalem para sa din sa pista. Ngayon si Pablo ay nasa lugar ng Judaismo.

**21:28 "Ito ang tao na nagtuturo sa mga tao"** Ang mga taga-Asyang Hudyo ay binigyang kahulugan ang pangangaral ni Pablo bilang laban sa Judaismo sa halip na pagtupad sa OT mga pangako. Ang mga bintang na ito ay katulad ng ginawa laban kay Esteban (cf. 6:13). Si Pablo mismo ang maaaring nagpahayag nito; siya ay tiyak na sumang-ayon sa ganitong Hudyong teolohikong kalalagayan (cf. 22:20) bago ang kanyang pagkatagpo kay Kristo sa Damasco. Ang mensahe ni Kristo sinalungat ang legalismo at ritualismo ng kilalang unang siglo Judaismo! Ito ay makikita hindi lamang sa pagiging panglahat —kaligtasan na makukuha ng "lahat ng tao"—ngunit gayundin ang teolohikong pagbibigay-diin ng pagiging-pili lamang ng kaligtasan at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.

▣ **"bukod pa sa rito'y nagdala rin siya ng mga Griyego sa templo"** Ang inaakalang pangyayari ay maaaring naganap sa Hukuman ng Israel, kung saan ang mga panata ng Nazarito isinakatuparan sa timog-silangang bahagi. Ito ay naaayon sa kautusan para sa mga Hentil na pumasok sa panlabas na patyo ng Templo lamang. Ito ay isang bulaang pag-aakusa (cf. v. 29).

**21:29 "Trofimo taga Efeso"** Ang mga Hudyong mula sa Asya (Efeso) ay nakikilala kapwa sina Pablo at Trofimo at sa una ay nagplano sa pagpatay kay Pablo (cf. 20:3). Ngayon nakita nila ang kanilang pagkakataon upang gawain sa pang-Hudyong lahing mga pagkiling at patayin si Pablo (cf. vv. 31,36).

**21:30 "pagdaka'y inilapat ang mga pinto"** Ito ay tila ang pasukan sa pagitan ng ang Patyo ng Israel at ang Patyo ng mga kababaihan. Ang Templo ay may sarilin nitong taga-bagay na mga Levita na nag-iingat ng pagkakasunod-sunod. Ang pagkilos na ito ay para sa

1. pag-iingat sa Templo mula sa karumihan
2. ingatan si Pablo sa pagsubok na makabalik sa Templo para sa kaligtasan

Ang mga Hudyong ito ay kumilos na tamang-tama sa katulad na paraan na ginawa ng karamihan ng tao sa Efeso (cf. Mga Gawa 19).

**21:31 "pangulong kapitan ng pulutong"** Ito sa literal ay isang pinuno ng isang libo. Ito ay maaaring ang pinakamataas sa

pampamunuan sa Romanong hukbo (mangangabayo) na nakahimpil sa Herusalem sa panahon ng kapistahan kapag ang populasyon ay lumaki ng tatlong beses sa karaniwan nitong bilnag. Ang kanyang gawain ay panatilihin ang pagkakasunod-sunod.

▣ **"ng pulutong"** Sila ay nanirahan sa Muog ng Antonia, na matatanaw ang Patyo ngTemplo t. Ito ay itinayo ni Herodes ang Dakila bilang isang palasyo, ngunit ginamit ng mga Romano bilang isang pang-militar na punong himpilian (cf. Josephus, *Wars* 5.5.8).

**21:32 "ng mga kawal at mga senturion"** Ang isang senturion sa literal ay ang pinuno ng isang daan. Ang Muog ang Antonia ay matatanaw ang lugar ng Templo. Ito ay maraming garison, lalo na sa panahon ng kapistahan.

**21:33 "ipinagapos ng dalawang tanikala"** Ito ay maaaring mangahulugang (1) mga kamay at mga paa o (2) sa pagitan ng dalawa Romanong sundalo. Tila iniisip ng mga sundalo na siya ay isang naghihimagsik (cf. v. 38).

**21:34-35** Ito ay nagpapakita ang karahasan at silakbo ng galit ng karamihan ng tao (cf. v. 30).

**21:35 "sa hagdanan"** Ang mga hagdanang ito ay mula sa Muog ng Antonia papunta sa lugar ng templo ay may pagkabanggit sa sa v. 32, "tumakbo pababa." Mayroong dalawang nagtatakda ng mga mga lagusang hagdanang ito, kapwa papunta sa iba't-ibang bahagi ng templo. Ang mga Romano ay nagnanais na sugpuin ang kahit-anong kaguluhan nang mabilis. Ang panahon ng kapistahan ay kadalasang mga araw ng pambasang kaguluhan.

**21:36 "Alisin siya"** Ang mga ito ang katulad na mga salitang isinigaw kay Hesus (cf. 22:22; Lucas 23:18; Juan 19:15). Mayroong maraming mga kaagapay sa pagitan ng pakikitungo kay Pablo at Hesus ng mga Hudyo at Romano.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:37-40

**[37]At nang ipapasok na si Pablo sa kuta, ay kaniyang sinabi sa pangulong kapitan, Mangyayari bagang magsabi ako sa iyo ng anoman? At sinabi niya, Marunong ka baga ng Griyego? [38]Hindi nga baga ikaw yaong Egipcio, na nang mga nakaraang araw ay nanghihikayat sa kaguluhan at nagdala sa ilang ng apat na libong katao na mga Mamamatay-tao? [39]Datapuwa't sinabi ni Pablo, Ako'y Hudyo, na taga Tarso sa Cilicia, isang mamamayan ng bayang hindi kakaunti ang kahalagahan: at ipinamamanhik ko sa iyo, na ipahintulot mo sa aking magsalita sa bayan. [40]At nang siya'y mapahintulutan na niya, si Pablo, na nakatayo sa hagdanan, inihudyat ang kamay sa bayan; at nang tumahimik nang totoo, siya'y nagsalita sa kanila sa wikang Hebreo, na sinasabi,**

**21:37 "Marunong ka baga ng Griyego"** Ang Koronel ay nagulat na nakakapagsalita si Pablo ng Koine Griyego dahil tila pinag-iisipang si Pablo ay isang Ehipsyong naghihimagsik na kanyang narinig (cf. v. 38 at Josephus' *Antiq.* 2.13.5; 20.8.6). Ang pang-Ehiptong paghihimagsik ay naganap sa pagitan ng A.D. 52-57.

**21:38 "katao na mga Mamamatay-tao"** Ito ay *sicarii*, isang Latin termino para sa mga mamamatay-tao o mga taong may punyal. Sila ay kadalasang tinawag na "mga panatiko" sa NT (cf. Lucas 6:15; Mga Gawa 1:13). Sila ay isang pangkat ng mga Hudyo na tapat sa marahas na pagkagupo ng mga Romano

A. T. Robertson, *Word Pictures of the New Testament*, tomo 3, p. 382, ay binanggit na ang saktong salitang ito ay ginamit ni Josephus upang ilarawan ang mga tagasunod ng Ehipsyong naghihimagsik (cf. Josephus, *Wars* 2.13.5; *Antiq.* 20.8.6,10).

**21:39 "isang mamamayan ng bayang hindi kakaunti ang kahalagahan"** Ito ay isang wikain (*litotes*, tingnan ang tala sa 12:18), na ginamit ni Pablo upang bigyang-diin ang kanyang pagkamamamayan sa isang international na pamantasang-bayan. Ang teksto ay hindi sinasabi kung ang Romanong pinuno ay namangha.

**21:40 "siya'y mapahintulutan na niya"** Ang pinunong ito ay nagnanais pa rin na malaman kung ang ano ang lahat na patungkol dito!

▣ **"inihudyat ang kamay sa bayan"** Ito ay tila ang isang kilalang-kilala kumpas ng kamay para sa katahimikan upang ang isang tao ay maaaring makapagsalita (cf. 12:17; 13:16; 19:33; 21:40; 26:1). Ito ay maaaring isang retorikong kumpas na natutunan ni Pablo habang siya ay nag-aaral ng retorika sa Tarso.

▣ **"siya'y nagsalita sa kanila sa wikang Hebreo"** Si Pablo ay nagsalita ng Aramaiko sa karamihang ng tao (ang mga Hudyo ay natutong magsalita ng Aramaiko sa panahon ng kanilang mga taon sa ilalim ng pamumuno ng Persya). Ito ang nagpatahimik sa karamihan ng tao para sa isang yugto (cf. 22:2).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kung ang mga propeta sa bawat lungsod ay nagsasabi kay Pablo sa huwag pumunta sa Herusalem, bakit siya pumunta?
2. Paanoo maiuugnay ang nananampalatayang mga Hudyo s Mosaikong Kasunduan?
3. Totoo ba ang mga sakdal ng mga Hudyo sa Asya laban kay Pablo sa v. 28a?
4. Ang pagpuna ba ng pinunong ito (v. 38) ay nagpapahiwatig na kakaunti ang mga Hudyo na nakakaalam ng Griyegong o na iniisip niya na si Pablo ay isang Ehipsiyo?

# MGA GAWA 22

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagtatanggol ni Pablo Sa Kanyang Sarili | Ang Pagsasalita sa Karamihan ng Tao sa Herusalem | Ang Pagdakip at Pagtatanggol ni Pablo | Ang Pagtatanggol ni Pablo Sa Kanyang Sarili | Ang Pagsasalita sa Karamihan ng Tao sa Herusalem |
| | | (21:27-22:29) | (21:37-22:5) | |
| 21:37-22:5 | 21:37-22:21 | 21:37-22:1 | | |
| | | | | 22:1-5 |
| | | 22:2 | | |
| | | 22:3-5 | 22:3-5 | |
| Ipinahayag ni Pablo ang Kanyang Kaligtasan | | | Ipinahayag ni Pablo ang Kanyang Kaligtasan | |
| 22:6-11 | | 22:6-11 | 22:6-11 | 22:6-11 |
| 22:12-16 | | 22:12-16 | 22:12-16 | 22:12-16 |
| Si Pablo ay Isinugo sa Hentil | | | Ang Panawagan ni Pablo ay Mangaral sa mga Hentil | |
| 22:17-21 | | 22:17-21 | 22:17-21 | 22:17-21 |
| Pablo at ang Romanong Tagatanggol | Ang Romanong Pagka-mamamayan ni Pablo | | | Si Pablo, Ang Romanong Mamamayan |
| 22:22-29 | 22:22-29 | 22:22-29 | 22:22-25 | 22:22-29 |
| | | | 22:26 | |
| | | | 22:27a | |
| | | | 22:27b | |
| | | | 22:28a | |
| | | | 22:28b | |
| | | | 22:29 | |
| Si Pablo sa Harap ng Konseho | Ang Sanhedrin ay Nahati | | Si Pablo sa Harap ng Konseho | Ang Kanyang Pagharap sa Sanhedrin |
| (22:30-23:11) | | | (22:30-23:11) | (22:30-23:11) |
| 22:30-23:5 | 22:30-23:10 | 22:30 | 22:30 | 22:30 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:1**
**[1]Mga kapatid na lalake at mga magulang, pakinggan ninyo ang pagsasanggalang na gagawin ko ngayon sa harapan ninyo.**

**22:1**
**NASB "Mga kapatid na lalake at mga magulang"**
**NKJV "Mga lalaki, kapatid at ama"**
**NRSV "Mga lalaking kapatid at mga ana"**
**TEV "Mga kapwa ko Hudyo"**
**NJB "Aking mga kapatid, aking mga magulang"**

*A Translator's Handbook on the Acts of the Apostle*, nina Newman at Nida ay nagsasabi na ito ay nagpapahiwatig ng mga lalaki sa panahon ni Pablo at silang mas matanda sa kanila (cf. p. 419). Subalit, sa ganang akin, ito ay maaaring isang wikain (ginamit ni Esteban ang katulad na panimulang pahayag sa 7:2) dahil si Pablo ay mahigit animnapung taong gulang na sa pagkakataong ito at hindi umaakma sa edad ng mga tao.

Maaaaring mayroong ilang mga mananampalataya sa sa karamihan ng mga tao. Maaaring ang terminong "mga kapatid" ay partikular na tumutukoy sa kanila. Subalit, si Pablo ay palaging kinikilala ang kanyang lahi at nasyonalidad (cf. Roma 9:1-5; Filipos 3:5).

▣ **"pagsasanggalang"** Kinuha natin ang Ingles na terminong "pagtatanggol" mula sa Griyegong salitang (*apologia*). Ito ay nangangahulugang isang panghukumang pasalitang pagtatanggol. Ang terminong ito ay ginamit nang maraming beses sa Mga Gawa kaugnay sa mga paglilitis kay Pablo (cf. 25:16; II Timoteo 4:16).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:2**
**[2]At nang marinig nilang sila'y kinakausap niya sa wikang Hebreo, ay lalo pang tumahimik sila: at sinabi niya,**

**22:2 "wikang Hebreo"** Ito ay tumutukoy sa Aramaiko. Ang lahat ng ang places sa ang mga Ebanghelyo where Hesus' actual mga salitang ay recorded ay sa Aramaiko. Ito ay isang kaugnay na wika sa sinaunang Hebreo. Ito ay ang wika ng Persyanong Emperyo. Ang mga Hudyo ay natutunan ito habang nasa ilalim ng kanilang pamumuno. Para sa halimbawa, sa Nehemiah 8, kung saan si Ezra ay nagbabasa ng Kautusan ni Moises sa Hebreo, ang mga Levita ipinaliwanag ito sa Aramaiko para sa mga tao (cf. Nehemiah 8:7).

▣ **"lalo pang tumahimik sila"** Ang mapitagang panimula ni Pablo, na isinama sa kanyang matatas na Aramaiko at ang katotohanan na maraming sa karamihan ng tao ay nakikilala siya o may nalalamang sa kanya, ay nagduloy ng isang kagyat na, nakakagulat na katahimikan. Sila ay nagnanais na marinig kung ano ang kanyang sasabihin—isang ganap na pangangaral, pagkakataon sa mga pinuno ng Judaismo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:3-5**
**[3]Ako'y Hudyo, na ipinanganak sa Tarso ng Cilicia, datapuwa't pinapapagaral sa bayang ito, sa paanan ni Gamaliel, na tinuruan alinsunod sa mahigpit na kaparaanan ng kautusan ng ating mga magulang, palibhasa'y masikap tungkol sa Diyos, na gaya ninyong lahat ngayon: [4]At aking pinagusig ang Daang ito hanggang sa mamatay, na tinatalian at ipinapasok sa mga bilangguan ang mga lalake at gayon din ang mga babae. [5]Gaya rin naman ng pangulong saserdote na nagpapatotoo sa akin, at ang buong kapulungan ng matatanda: na sa kanila nama'y tumanggap ako ng mga sulat sa mga kapatid, at naglakbay ako sa Damasco upang dalhin ko namang mga gapos sa Herusalem ang nangaroroon upang parusahan.**

**22:3 "Ako'y Hudyo, na ipinanganak sa Tarso"** Sinusubukan ni Pablo na makilala mismo ang mga Hudyo sa karamihan ng tao. Siya ay nagbibigay-diin sa kanyang pagiging Hudyo (cf. II Corinto 12:22; Filipos 3:5-6). Siya ay ipinagpapalagay sa isa sa mga nagsasalita ng Griyegong Hudyo ng diaspora.

Ang pariralang "ngunit lumaki sa lungsod na ito" ay maaaring tumutukoy sa gramatika sa kahit saan sa (1) Tarso o (2)

Herusalem. Sa konteksto, Herusale ay ang ipinapahiwatig. Kung magkagayon, samakatuwid ang pagsasanay ni Pablo sa Griyegong retorika ay maaaring naganap sa paligid ng Tarso.

▣ **"tinuruan sa paanan ni Gamaliel"** Ito ay isang iginagalang na Rabii (cf. 5:34-40). Siya ay sinipi sa *Mishnah* ng maraming beses. Si Pablo ay isang mag-aaral ng liberal na rabinikal na paaralan ng Hillel. Ang karamihan ng taong ito ay maaaring napahang sa pahayag na ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Gamaliel sa 5:34.

▣ **"alinsunod sa mahigpit na kaparaanan ng kautusan ng ating mga magulang"** Ipinapahiwatig nito sa siya ay isang Fariseo (cf. 23:6; 26:5) at isang masigasig (cf. v. 4; Galacia 1:14; Filipos 3:6). Ang mga Fariseo ay nangako sa mahigpit na pagsunod sa mga Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud), na nagpapaliwanag ng Lumang Tipan.

▣ **"na gaya ninyong lahat ngayon"** Kinikilala ni Pablo ang kanilang kasigasigan at pangako. Siya ay minsang naging tulad nila!

**22:4 "aking pinagusig"** Sa panahon ng ministeryo ni Pablo siya ay lumilingon sa mga panahong ito na may malalim na pagsisisi. Binabanggit niya ito nang madalas (cf. 9:1,13,21; 22:4,19; 26:10-11; Galacia 1:13,23; Filipos 3:6; I Timoteo 1:13). Kadalasang tinutukoy ni Pablo sa kanyang sarili bilang ang pinakamababa sa mga banal dahil sa mga pagkilos na ito (cf. I Corinto 15:9; II Corinto 12:11; Efeso 3:8; I Timoteo 1:15).

▣ **"aking pinagusig ang Daang ito"** Ito ay pinakaunang pangalan para sa ang Kristyano Iglesiya (cf. 9:2; 19:9,23; 22:4; 28:14,22). Ito ay tumutukoy

1. kay esus bilang "ang Daan" (cf. Juan 14:6)
2. sa biblikal na pananampalataya bilang isang pamumuhay (cf. Deuteronomio 5:32-33; 31:29; Mga Awit 27:11; Isaias 35:8)

▣ "sa kamatayan" Si Pablo ay may ilang mga Kristiyano na inilagay sa kamatayan (cf. 8:1,3; 26:10)! Siya ay tiyak na kasama sa kamatayan ni Esteban (cf. 7:58, 8:1).

▣ **"tinatalian at ipinapasok sa mga bilangguan ang mga lalake at gayon din ang mga babae"** Ang katotohanan na si Pablo ay ginawa ito sa mga babae ay nagpapakita ang katindihan ng kanyang mga pag-uusig.

**22:5** Ibinahagi ni Pablo ang mga pangyayari na naghatid sa kanyang daan sa Damasco sa pagbabagong-loob sa pananampalataya kay Hesus (cf. Mga Gawa 9).

▣ **"pangulong saserdote"** Ito sa literal ay "lahat ang mga matatanda." Ginagamit ni Lucas ang ganitong katulad na termino para sa Sanhedrin sa Lucas 22:66. Ito ay hindi ang normal termino na ginamit sa pampamunuang katawan ng Hudyong mga pinuno sa Herusalem (Sanhedrin). Ito ay maaaring tumutukoy sa isang maliit na mababang pampamunuang lupon.

▣ **"tumanggap ako ng mga sulat"** F. F. Bruce, *Paul: Apostle of the Heart Set Free*, ay mayroong isang nakakawili pagtalakay at dokumentasyon ng mga sa karapatan ng Sanhedrin sa ekstradisyon mula sa mga nakapalibot na bansa (p. 72). Para sa mas maraming pagkasaysayang impormasyon tingnan ang I Macabeo 15:21 at Falvius Josephus.

▣ **"ang nangaroroon"** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ang mga ito ay nananampalatayang mga Hudyo na tumakas sa pag-uusig sa Herusalem.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:6-11

**6At nangyari, na, samantalang ako'y naglalakbay, at nalalapit na sa Damasco, nang magtatanghaling tapat, biglang nagliwanag mula sa langit ang isang malaking ilaw sa palibot ko. 7At ako'y nasubasob sa lupa, at narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig? 8At ako'y sumagot, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi niya sa akin, Ako'y si Hesus ang Nazareno, na iyong pinaguusig. 9At sa katotohana'y nakita ng mga kasamahan ko ang ilaw, datapuwa't hindi nila narinig ang tinig na nagsalita sa akin. 10At sinabi ko, Ano ang gagawin ko, Panginoon? At sinabi sa akin ng Panginoon, Magtindig ka, at pumaroon ka sa Damasco; at doo'y sasabihin sa iyo ang lahat ng mga bagay na itinalagang gagawin mo. 11At nang hindi ako makakita dahil sa kaningningan ng ilaw na yaon, palibhasa'y inakay ako sa kamay ng mga kasamahan ko, ay pumasok ako sa Damasco.**

**22:6 "nang magtatanghaling tapat"** Ito ay isang idinagdag na detalye na hindi matatagpuan sa 9:3.

**22:7** Ito ay isang pag-uulit ng 9:4.

**22:8**
**NASB, NJB "Hesus ang Nazareno"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV "Hesus na taga-Nazaret"**

Ibinahagi ni Pablo ang kanyang personal na patotoo nang tatlong beses sa Mga Gawa 9:1-31; 26:4-18, ngunit dito at 26:9 ay ang mga lugar lamang kung saan niya ginagamit ang katawagang ito. Sa literal, ito ay "Hesus ang Nazareno." Ito ay isang termino ng panunuya sa 24:5, ngunit isang termino ng propesiya sa Mateo 2:23. Ito ay maaaring hindi isang heograpikong katawagan, ngunit isang pang-Mesias na titulo mula sa "sanga" (cf. Isaias 11:1; 53:2) mula sa Hebreong salitang *nēser* (cf. Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:22.

▣ **"na iyong pinaguusig"** Tingnan ang buong tala sa 9:4.

**22:9 "datapuwa't hindi nila narinig ang tinig"** Walang pagsasalungat sa pagitan ng mga salaysay ng pagbabagong-loob ni Pablo sa 9:7 at 22:9. Ang Griyegong gramatika ay nagpapahiwatig na ang kanyang mga kasamahan ay narinig ang tunog, ngunit hindi naunawaan ang mga salita. Tingnan ang 9:7 para sa isang mas ganap na pagtalakay.

**22:10 "ang lahat ng mga bagay na itinalagang gagawin mo"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay nagpapahayag ng mga salita ni Hesus kay Ananias sa 9:15-16. Si Pablo ay may isang napakapartikular at mahirap na misyon na dapat maisakatuparan. Sa maraming mga paraan, ang pangitain at komisyon ni Pablo ay sumusunod sa OT mga propeta (cf. Isaias 6; Jeremias 1; Ezekiel 2-3).

**22:11** Sa ganang akin, ito ang nagdulot ng "tinik sa laman" ni Pablo. Ang ilang mga teoriya patungkol sa tinik sa laman ni Pablo ay:

1. ang mga Ama ng sinaunang Iglesiya, Luther, at Calvin, ay sinasabing ito ay espiritwal na mga suliranin sa kanyang nalugmok na kalikasan (i.e., "sa laman")
2. Si Chrisostom ay sinasabing ito ay isang suliranin sa mga tao (cf. Mga Bilang 33:55; Mga Hukom 2:3)
3. ang ilang ay nagsasabing ito ay epilepsya
4. Si Ginoong William Ramsay ay nagsasabing ito ay malaria
5. Sa ganang akin, ito ay optalmya, isang karaniwan suliranin sa mata (ihambing sa Galacia 4:13-15 at 6:11) na nagpalala o nagdulot ng ganitong panimulang pagkabulag sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9, maaaring isang OT pagkabanggit sa Josue 23:13)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:12-16

**[12]At isang Ananias, lalaking masipag sa kabanalan ayon sa kautusan, na may mabuting katunayan ng lahat ng mga Hudyong nagsisitahan doon, [13]Ay lumapit sa akin, at natatayo sa tabi ko ay nagsabi sa akin, Kapatid na Saulo, tanggapin mo ang iyong paningin. At nang oras ding yao'y tumingin ako sa kaniya. [14]At sinabi niya, Ang Diyos ng ating mga magulang ay itinalaga ka upang mapagkilala mo ang kaniyang kalooban, at makita mo ang Banal, at marinig mo ang isang tinig mula sa kaniyang bibig. [15]Sapagka't magiging saksi ka niya sa lahat ng mga tao tungkol sa mga bagay na iyong nakita at narinig. [16]At ngayon bakit ka tumitigil? magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa kaniyang pangalan.**

**22:12** Ito ay isang mas buong paglalarawan ni Ananias kaysa 9:10. Siya ay isang karaniwang tao na tila, tulad ni Pablo, ay tapat sa pamantayan ng Kautusan ni Moises. Ito ay maaaring siya ay din isang Fariseo.

1. Si Lucas ay katulad na nilarawan si Simeon, na isang nakakita nakakita kay Hesus sa templo bilang isang bata (cf. Lucas 2:25).
2. Ginagamit din ni Lucas ito sa Hudyo ng diaspora na dumating sa Herusalem sa Pentecostes nang ang Espiritu ay dumating ng may kapangyarihan (cf. Mga Gawa 2:5).
3. Ginagamit ito ni Lucas sa pangatlong panahon ng mga taong naglibing kay Esteban pagkatapos ng pagbabato (cf. Mga Gawa 8:2).

Samakatuwid, ang terminong ito ay hindi kaugnay sa isang mananampalataya kay Kristo gaya ng isang tapat na tagasunod ng Judaismo. Siya ay tinawag na isang "alagad" sa 9:10; samakatuwid, siya ay naging isang mananampalataya na. Ngunit, bagaman siya ay isang Kristyano, siya ay patuloy na may paggalang sa Hudyong komunidad sa Damasco.

**22:13** Ang ministeryo ni Ananias kay Pablo ay nagpapakita sa atin ng hindi maliwanag na pagpapangkat ng mga mananampalataya sa NT sa pagitan ng mga ministro (natatanging inordinahang pangkat) at karaniwang tao. Ang mga salita ni Hesus ay kanyang awtoridad sa:

1. pagpapatong ng kamay (cf. 9:12,17) kay Pablo at nag-utos ng paggaling (AORIST NA TAHAS PAUTOS, v. 13, Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:6)

2. paghahayag ng kalooban ni Hesus para sa ministeryo ni Pablo (v. 15)
3. pagsasabi kay Pablo na magpa-bautismo (si Pablo ay maaaring nagpabautismo sa kanyang sarili mga Hudyo na kailangan sa pagbabagong-loob, AORIST NA PANGGITNANG PAUTOS, v. 16)
4. maging kasangkapan kayPablo sa pagiging puspos ng Espiritu (cf. 9:17)

Nakikita mo ang puso ni Ananias nang tawagin niya ang kanyang mapanirang tagapag-usig at pumapaslang na (cf. 9:13-14) "Kapatid na Saulo."

**22:14 "Ang Diyos ng ating mga magulang"** Ang pariralang ito ay ginamit upang ilarawan ang Diyos ng Hudyong pagsamba. Ninanais ni Pablo na gawing maliwanag na ito ay YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:68) na nagbigay-alay sa kanya at nagsugo sa kanya sa pamamagitan ng Kanyang Anak, si Hesus. Si Pablo ay hindi tumatawag ng kahit-anong ibang diyos kaysa sa Diyos ng Judaismo!

▣ **"upang mapagkilala mo ang kaniyang kalooban"** Ang pangunahing kalooban ni YHWH ay para sa mga tao na makilala si Hesus (cf. Juan 6:29,40). Ang karagdagang kalooban ng Diyos para kay Pablo ay maging ang pang-misyong Apostol sa mga Hentil (cf. 9:15; 22:15; 26:16).

▣ **"at makita mo ang Banal"** Ito ay isang pang-Mesias na titulo (cf. Mga Awit 45; 72; Mga Gawa 3:14; 7:52; I Juan 2:1). Si Pablo ay nagkaroon ng isang personal kapahayagan ng naluwalhating si Hesus (gaya ng ginawa ni Esteban, cf. 7:55-56). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 3:14.

▣ **"at marinig mo ang isang tinig mula sa kaniyang bibig"** Ito ay ay tila sa tumutukoy sa ang tinig mula sa langit sa vv.7-8 (i.e., *Bat Kol*, cf. Deuteronomio 4:12; I Mga Hari 19:12-13; Job 4:16; Jeremias 25:30; Ezekiel 1:25,28; Joel 3:16; Amos 1:2; Lucas 3:22; 9:35; Mga Gawa 10:13,15), ngunit ito ay maaaring ang tinutukoy din sa vv. 17-21. Ito rin ay maaari na ito ay tumutukoy sa maraming natatanging mga panginatin ni Pablo sa lahat ng dako ng kanyang ministeryo. Tingnan ang tala sa vv. 17-21.

**22:15 "isang saksi. . . sa lahat ng mga tao"** Ito ay ang kamangha-manghang katotohanan naang ebanghelyo ni Hesukristo ay para sa **lahat** ng tao (cf. Juan 3:16; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14). Hindi lahat ay tatanggap, hindi lahat maaaring maliwanag na makadinig, ngunit ang lahat ay isinama sa pag-ibig ng Diyos at sakripisyo ni Hesus at pangangaral ni Pablo! Ito ay tiyak na katotohanan na itinatanggi ng karamihan ng tao (cf. v. 22).

Si Pablo ay may layunin sa di paggamit ng salitang "Hentil" na si Ananias ay ipinasa sa kanya mula sa Hesus (cf. 9:15). Nalalaman ni Pablo kung papaanong pumutok ang ganitong mapanirang termino *go'im* (ang mga bansa o mga Hentil) ay sa mga ultra-konserbatibong mga Hudyo. Ang kanilang mga pagkiling at panliping kayabangan ay ninakawan ang OT mga propeta ng kanilang tanging mga propesiya!

▣ **"tungkol sa mga bagay na iyong nakita at narinig"** Ang unang PANDIWANG ito ay isang GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG; ang pangalawa ay isang AORIST NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Kung bakit sila ay iba't-ibang panahunan ay di-tiyak. Sila ay tila naging magkaagapay. Dadalhin ni Pablo ang alaala ng kanyang personal na pagtatagpo sa nabuhay na Kristo sa lahat ng dako ng kanyang buhay. Binanggit niya ito nang tatlong beses sa Mga Gawa. Siya ay maaaring nagbigay ng kanyang personal patotoo sa bawat sinagoga.

**22:16 "ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan,"** Ito ay kapwa AORIST NA PANGGITNANG MGA PAUTOS. Ito ay isang OT pagkabanggit sa pangseremonyang mga paghuhugas (cf. Levitico 11:25,28,40; 13:6,34,56; 14:8-9; 15:5-13,21-22,27; 16:26,28; 17:15-16; Mga Bilang 8:7,21; 19:19; Deuteronomio 23:11). Ito ay ginamit dito bilang isang simbolo ng ating espiritwal na paglilinis sa Kristo (cf. I Corinto 6:11; Efeso 5:26; Tito 3:5; Hebreo 10:22). Ang bautismo ay ang sinaunang pangmandlang pagpapahayag ng pananampalataya ng Iglesiya. Tingnan ang mga tala sa Natatanging Paksa sa 2:38 para sa isang mas buong teolohikong pagtalakay.

Pansinin na ang PANGGITNANG TINIG ay tumutukoy sa kapwa bautismo (AORIST NA PANGGITNANG PAUTOS) at paglilinis (AORIST NA PANGGITNANG PAUTOS). Si Pablo ay hind maaaring maghugas ng kanyang mga kasalanan, ngunit siya ay maaaring bautismuha ang kanyang sarili (pang-Hudyong kasanayan para sa mga nagbalik-look). Kadalasang ito ay sinasabing paglulubog ay tanging sa NT huwaran (cf. Roma 6 at Colosas 2), ngunit dito ang bautismo ay nauugnay sa talinghaga ng paghuhugas (cf. 2:38; I Corinto 6:11; Efeso 5:26; Tito 3:5; Hebreo 10:22). Sa teolohiya, ang I Pedro 3:21 ay nagpapakita na ito ay isang simbolo, hindi isang sakramento!

Ang mga makabaong nagpapaliwanag ay kailangang maging maingat sa sobrang pagbatay sa PANGGITNANG O BALINTIYAK NA TINIG dahil ito ay isinasama sa BALINTIYAK NA anyo sa Koine Griyego. Si Pablo ay sinasabing nabautismuhan (BALINTIYAK ) sa 9:18. Ang paraan ng bautismo ni Pablo ay hindi ang isyu, ngunit kanyang bautismo sa sarili!

▣ **"na tumatawag sa kaniyang pangalan"** Ang "pangalan" ay hindi isang mahikong pormula, ngunit isang pangmadlang pag-amin sa pagiging may-ari ni Hesus at ang simula ng isang personal na pakikipag-ugnayan sa Kanya (AORIST NA PANGGITNANG KATAGA na ginamit bilang isang PAUTOS), na naglalabas sa isang ugali at pamumuhay na kalutad kay Kristo. Ang sinaunang

pormula ng bautismo sa Iglesiya na gaya ng pagbigkas ng kandidato ay "si Hesus ay Panginoon" (cf. Roma. 10:9-13; I Corinto 1:2; II Timoteo 2:22). Ang tiyak na mga salita o pormula ay hindi ang susi (sakramentalismo), ngunit ang puso ng kandidato (manampalataya, tumanggap). Tingnan ang tala sa 2:38 at Natatanging Paksa sa 2:21.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:17-21

**[17]At nangyari, na, nang ako'y makabalik na sa Herusalem, at nang ako'y nananalangin sa templo ay nawalan ako ng diwa, [18]At siya'y nakita ko na nagsasabi sa akin, Magmadali ka, at umalis ka agad sa Herusalem; sapagka't hindi nila tatanggapin sa iyo ang patotoo tungkol sa akin. [19]At aking sinabi, Panginoon, napagtatalastas nila na ako ang nagbilanggo at humampas sa bawa't sinagoga sa mga nagsisisampalataya sa iyo: [20]At nang ibubo ang dugo ni Estebang iyong saksi, ay ako nama'y nakatayo sa malapit, at sinasangayunan ko, at iningatan ko ang mga damit ng sa kaniya'y nagsipatay. [21]At sinabi niya sa akin, Yumaon ka: sapagka't susuguin kita sa malayo sa mga Gentil.**

**22:17-21** Ito ay isa pang halimbawa ng mga natatanging pangitain ni Pablo (cf. 18:9-10; 23:11; 27:23-24). Sa kontekstong ito, ito ay umaakma sa propesiya ng v. 14.

**22:17 "nang ako'y makabalik na sa Herusalem"** Sa patotoo ni Pablo sa kapwa kabanata 9 at dito, ito ay tila nagpapahiwatig na siya ay bumalik sa Herusalem nang daglian pagkatapos ng kanyang pagbabagong-loob, ngunit ang Galacia 1:11-24 ay naghahayag ng isang mahabang yugto (hanggang tatlong taon) bago bumalik si Pablo.

▣ **"nawalan ako ng diwa"** Tingnan ang tala sa 10:10.

**22:18** Si Hesus ay nagsasalita ng dalawang AORIST NA TAHAS MGA PAUTOS kay Pablo: "magmadali ka" at "umalis ka." Ang babala ni Hesus ay inilalarawan sa planoong patayin saPablo ng Helenistikong mga Hudyo, nakatala sa 9:29.

**22:19 "Panginoon"** Ang gramatikong pagkauna dito ay maaaring alinman sa "ang Diyos ng ating mga ama" (v. 14) o "ang Isang Matuwid" (v. 14). Ang karamihan ng mga Hudyo ay nauunawaan si YHWH, ngunit kahit-anong mga mananampalataya na nandoon ay naunawaan ito si Hesus. Ang pagsasalin ay karaniwan sa mga sipi ng OT na ginamit ni Hesus sa NT. Ito ay ang kalabuan ng "trinidad na monoteismo" (tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 2:32 at 2:39)!

▣ **"ako ang nagbilanggo at humampas"** Ito ay mga PAIKUT-IKOT NA DI-GANAP NA TAHAS, na nangangahulugang nagpapatuloy sa pagkilos sa nakalipas. Tingnan ang buong tala sa 22:4.

▣ **"sa mga nagsisisampalataya sa iyo"** Tingnan ang kaugnay na Natatanging mga Paksa sa 2:40, 3:16, at 6:5.

**22:20** Tingnan ang tala sa 7:58-59 at 8:1. Inilalarawan ni Pablo ang kanyang nakalipas na matitinding gawain sa pamamagitan ng paggamit ng tatlong PAIKUT-IKOT NA DI-GANAP MGA PANDIWARI.
1. Siya ay nakatayo doon.
2. Siya ay nagpahintulot sa pagbabato.
3. Siya ay humawak ng balabal sa kanilang bumato kay Esteban. Ang pangangaral at kamatayan ni Esteban ay may malalim na impluwensiya kay Pablo.

**22:21 "susuguin kita sa malayo sa mga Hentil"** Ito ay isang maliwanag sangunian sa pang-misyong mga paglalakbay ni Pablo at sa kahuli-hulihan, saksi sa mga pinuno ngRomanong pampamahalaan sa Palestina at gayundin sa Roma sa harapan ni Cesar (cf. 23:11). Nalalaman niya na ang pahayag na ito ay magpapaalab sa mga tao!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:22-29

**[22]At kanilang pinakinggan siya hanggang sa salitang ito; at sila'y nangagtaas ng kanilang tinig, at nangagsabi, Alisin sa lupa ang isang gayong tao: sapagka't hindi marapat na siya'y mabuhay. [23]At samantalang sila'y nangagsisigawan, at ipinaghahagisan ang kanilang mga damit, at nangagsasabog ng alabok sa hangin, [24]Ay ipinagutos ng pangulong kapitan na siya'y ipasok sa kuta, na ipinaguutos na siya'y sulitin sa pamamagitan ng hampas, upang maalaman niya kung sa anong kadahilanan sila'y nangagsigawan ng gayon laban sa kaniya. [25]At nang siya'y kanilang magapos na ng mga panaling katad, ay sinabi ni Pablo sa senturiong nakatayo sa malapit, Matuwid baga sa iyo na hampasin ang isang taong taga Roma, na hindi pa nahahatulan? [26]At nang ito'y marinig ng senturion, ay naparoon siya sa pangulong kapitan at sa kaniya'y ipinagbigay-alam, na sinasabi, Ano baga ang gagawin mo? sapagka't ang taong ito ay taga Roma. [27]At lumapit ang pangulong kapitan at sinabi sa kaniya, Sabihin mo sa akin, ikaw baga'y taga Roma? At sinabi niya, Oo. [28]At sumagot ang pangulong kapitan, Binili ko ng totoong mahal ang pagkamamamayang ito. At sinabi ni Pablo, Nguni't ako'y katutubong taga Roma. [29]Pagkaraka nga'y nagsilayo sa kaniya ang mga sa kaniya sana'y susulit: at ang pangulong kapitan din naman ay natakot nang maalamang siya'y taga Roma, at dahil sa pagkagapos niya sa kaniya.**

**22:22** Ang kanilang pahayag ay pangwikain at ay mayroong dalawa bahagi.

1. "alisin (PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS) mula sa lupa ang isang gayong tao" (cf. Lucas 23:18; Mga Gawa 21:36)
2. "hindi marapat (DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG) na siya'y mabuhay" (cf. Mga Gawa 25:24)

Ang kanilang panlahin at pang-relihiyong mga pagkiling ay naihayag. Ang lahat mga tao ay nakondisyon sa kasaysayan at kultura.

**22:23**
**NASB "ipinaghahagisan ang kanilang mga damit"**
**NKJV "pinagpupunit ang kanilang mga damit"**
**NRSV "hinagis ang kanilang mga balabal"**
**TEV "ikinampay ang kanilang mga damit"**
**NJB "ikinampay ang kanilang mga balabal"**

Ang pagpupunit at pagpagaspas ng damit o ang pagtapon nito sa hangin ay OT mga tanda ng pagluluksa isang pagiging lapastangan sa Diyos (*Greek-English Lexicon*, Louw at Nida, tomo 1, p. 213, cf. 14:14).

▣ **"nangagsasabog ng alabok sa hangin"** Si Pablo ay mabalad na walang mga batong maipupukol. Ang paglagay ng alabok sa ulo ng isa ay isang tanda ng pagluluksa (cf. Josue 7:6; I Samuel 4:12; II Samuel 1:2; Job 2:12), dito ang pagluluksa isang pagiging lapastangan sa Diyos (cf. Isaias 47; Lam. 2; Mikas 1:10).

## NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGDADALAMHATI

Ang mga Israelita ay naghahayag ng kalungkutan para sa namatay na mahal sa buhay, para sa personal na pagsisi guyundin sa mga karumaldumal an mga krimen, sa maraming mga kaparaanan:

1. pagpunit ng panglabas na damit, Genesis 37:29,34; 44:13; Hukom 11:35; II Samuel 1:11; 3:31; I Hari 21:27; Job 1:20
2. pagsuot ng kayong magaspand, Genesis 37:34; II Samuel 3:31; I Hari 21:27; Jeremias 48:37
3. pagtanggal ng sapatos, II Samuel 15:30; Isaias 20:3
4. pagpatong ng kamay sa ulo, II Samuel 13:19; Jeremias 2:37
5. paglagay ng alikabok sa ulo, Josh. 7:6; I Samuel 4:12; Neh. 9:1
6. pag-po sa lupa, Panaghoy 2:10; Ezekiel 26:16 (nakahiga sa lupa, II Samuel 12:16); Isaias 47:1
7. pag-suntok ang dibdib, I Samuel 25:1; II Samuel 11:26; Nahum 2:7
8. paghiwa sa katawan, Deuteronomio 14:1; Jeremias 16:6; 48:37
9. pag-aayuno, II Samuel 12:16,22; I Hari 21:27
10. pag-awit ng panaghoy, II Samuel 1:17; 3:31; II Cronika 35:25
11. pagkalbo (pagtanggal sa buhok o pag-ahit), Jeremias 48:37
12. pagputol sa bigote, Jeremias 48:37
13. pagtakip sa ulo at mukha, II Samuel 15:30; 19:4

**22:24 "pangulong kapitan"** Ito ay ang salitang *chiliarch* (cf. vv. 27-29), na nangangahulugangisang pinuno ng 1000, gaya ng terminong *senturion* (cf. vv. 25,26) ay nagpapahiwatig na isang pinuno ng 100. Subalit, ang mga bilang ay pabago-bago. Siya ay ang punong namamahala ng Romanong garison sa Herusalem.

▣ **"sa kuta"** Ito ay tumutukoy sa ang Muog ng Antonia, na natatanaw at karugtong ng lugar ng Templo. Ito ay itinayo sa kapanahunan ng mga Persyano sa panahon ng ng mga araw ni Nehemiah (cf. Nehemiah 2:8; 7:2). Herodes ang Dakila ay binigyan ito ng bagong pangalan na sunod kay Marcos Antonio. Habang mga kapistahang araw, ang Herusalem ay lumalaki ng tatlong beses sa normal nitong populasyon. Ang mga Romano ay nagdaragdag ng malaking bilang ng hukbo mula sa Cesarea patungo sa Muog ng Antonia para sa mga layuning pangkaligtasan.

▣ **"siya'y sulitin sa pamamagitan ng hampas"** Ito ay nagpapahiwatig na "pangbubugbog upnag lumabas sa kanya ang impormasyon." Ang pambubugbog ay isang malupit na anyo ng pagpapahirap. Maraming namatay mula sa ito. Ito ay mas malala kaysa Hudyong paghahagupit o Romanong paghampas ng pamalo. Isang pamalong balat na may mga piraso ng bakal, bato o mga buto na itinahi sa lubid ay ginamit sa mga hinahampas ng bilanggo.

**22:25 "siya'y kanilang magapos"** Kadalasan ang mga biktima ay yumuyuko at ginagapos sa isang mababang haligi para upang maisakatuparan ang pambubugbog.

▣ **"Matuwid baga sa iyo"** Ang mga sundalong ay ito ay malapit nang sumuway sa kanilang sariling batas sa maraming mga punto:

1. ang isang Romanong mamamayan ay maaaring hindi igapos (cf. 21:33 at 22:29)
2. ang isang Romanong mamamayan ay maaaring hindi bugbugin (cf. Livy, *History* 10:9:4; Cicero, *Pro Rabirio* 4:12-13)
3. si Pablo hindi pa nililitis at natagpuan may sala (cf. 16:37)

**22:27 "ng isang taong taga Roma"** Ang "ikaw" binibigyang-diin. Ang Romanong pinunong ito ay maaaring hindi naniniwala na si Pablo ay isang Romanong mamamayan.

**22:28 "Binili ko ng totoong mahal ang pagkamamamayang ito"** Mayroong tatlong mga paraan upang maging isang Romanong mamamayan:

1. sa kapanganakan
2. iginawad para sa natatanging paglilingkod sa estado
3. binili (Dio Cassius, *Roma. Hist.* 60:17:5-6)

Ang pangalan ng sundalon ito ay nagpapahiwatig na binili niya kanyang pagkamamamayan sa ilalim ni Claudio at na siya ay isang Griyego (Claudio Lysias, cf. 23:26). Ang asawa ni Claudio, Messaline, ay kadalasang ibinagbibili ang Romanong pagkamamamaya para sa malaking halaga ng salapi.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:30

**[30]Datapuwa't nang kinabukasan, sa pagkaibig na matanto ang katunayan kung bakit siya'y isinakdal ng mga Hudyo, ay kaniyang pinawalan siya, at pinapagpulong ang mga pangulong saserdote at ang buong Sanedrin, at ipinapanaog si Pablo at iniharap sa kanila.**

**22:30 "siya. . . pinapagpulong. . . ang mga pangulong saserdote at ang buong Sanedrin"** Ito ay nagpapakita ng Romanong kapangyarihan. Ang Sanhedrin ay pinilit na magpulong, maaaring sa Muog ng Antonio. Ito ay tila isang di-opisyal, di-pormal na pagpupulong.

Si Pablo ay kailangang harapin ang mga lokal na sakdal ngunit sa isang Romanong kalalagayan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nais ni Pablo na ipagtanggol ang kanyang sarili sa karamilang ng mga taong ito?
2. Bakit itinala ni Lucas nang tatlong beses ang patotoo ni Pablo sa kanyang pagbabagong-loob sa daan sa Damasco?
3. Paano ginamit ng Espiritu si Ananias upang pabulaanan ang pang-Apostol na paghalili?
4. Itala ang mga natatanging pangitain ni Pablo. Bakit kinailangang niya ang mga higit sa karaniwan mga pangyayari?
5. Paaanong ang kinalabasan ng pagtatanggol ni Pablo sa harapan ng maraming tao sa templo ay umakma sa plano ng Diyos?

# MGA GAWA 23

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pablo sa harapan ng Konseho | Nahati ang Sanedrin | Pablo sa harapan ng Konseho | Pablo sa harapan ng Konseho | Kanyang Pagharap sa Sanedrin |
| | | (22:30-23:10) | (22:30-23:11) | (22:30-23:11) |
| 22:30-23:5 | 22:30-23:10 | 22:30-23:5 | | |
| | | | 23:1-3 | 23:1-5 |
| | | | 23:4 | |
| | | | 23:5 | |
| 23:6-10 | | 23:6-10 | 23:6 | 23:6-10 |
| | | | 23:7-9 | |
| | Masamang Balak kay Pablo | Ipinadala si Pablo sa Cesarea | 23:10 | |
| 23:11 | 23:11-22 | 23:11 | 23:11 | 23:11 |
| Ang Masamang Balak laban sa Buhay ni Pablo | | | Ang Masamang Balak laban sa Buhay ni Pablo | Ang Sabwatan laban kay Pablo |
| 23:12-22 | | 23:12-15 | 23:12-15 | 23:12-15 |
| | | 23:16-22 | 23:16-18 | 23:16-22 |
| | | | 23:19 | |
| | | | 23:20-21 | |
| | | | 23:22 | |
| Ipinadala si Pablo sa Gobernador | Ipinadala kay Felix | | Ipinadala si Pablo kay Gobernador Felix | Si Pablo ay inilipat sa Cesarea |
| 23:23-30 | 23:23-35 | 23:23-25 | 23:23-25 | 23:23-25 |
| | | 23:26-30 | 23:26-30 | 23:26-30 |
| 23:31-35 | | 23:31-35 | 23:31-35 | 23:31-35 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:1-5**

**[1]At si Pablo, na tumititig na mabuti sa Sanedrin, ay nagsabi, Mga kapatid na lalake, ako'y nabuhay sa harapan ng Diyos sa buong kabutihan ng budhi hanggang sa mga araw na ito. [2]At ipinagutos ng dakilang saserdoteng si Ananias sa mga nalalapit sa kaniya na siya'y saktan sa bibig. [3]Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Pablo, sasaktan ka ng Diyos, ikaw na pinaputing pader: at nakaupo ka baga upang ako'y hatulan mo ayon sa kautusan, at ako'y sinasaktan mo ng laban sa kautusan? [4]At sinabi ng nangakatayo sa malapit, Nilalait mo ang dakilang saserdote ng Diyos? [5]At sinabi ni Pablo, Hindi ko nalalaman, mga kapatid na lalake, na siya'y dakilang saserdote: sapagka't nasusulat, Huwag kang magsasalita ng masama sa isang pinuno ng iyong bayan.**

**23:1**
**NASB, NRSV "tumititig na mabuti"**
**NKJV "tumingin nang seryoso"**
**TEV "tumingin nang tuwid"**
**NJB "tumingin nang matatag"**

Tingnan ang buong tala sa 1:10. Madalas na gamiting ni Lucas ang terminong ito. Dito ginamit niya ito kay Pablo. Ginamit lamang ito ni Pablo sa II Corinto 3:7,13.

▣ **"ang Sanedrin"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Sanhedrin sa 4:5.

▣ **"Mga kapatid na lalake"** Tinawag ni Pablo ang mga Hudyo na "mga kapatid" nang maraming beses (13:26,38; 22:1,5; 23:1,5,6). Ang mga Hudyo ay tinawag si Pablo na kapatid sa 13:15. Si Ananias ay tinawag na siya na kapatid sa 9:17, gaya nang ginagawa ng iglesiya sa Herusalem sa 21:20.

Subalit, ang mga Hudyong mananampalataya din tinawag ng ganitong titulo (e.g., 9:30; 10:23; 11:1,12; 12:17; 15:3,7,13,22). Ang salita ay nauugnay sa "alagad" sa 11:29; 18:27. Ito rin ay ginamit ng Griyegong mga mananampalataya sa 16:2,40. Samakatuwid, ang termino ay may kalabuan at ay kailangang iugnay sa isang tiyak na teksto at pangkat.

▣ **"ako'y nabuhay… sa harapan ng Diyos"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG ng *politeuō* kung saan mukukuhan natin ang Ingles na salitang pampulitika o patakaran. Ang terminong ito ay ginamit kasama ng kahulugan ng isang mamamayan (cf. Filipos 1:27). Si Pablo ay nagbibigay-diin na siya ay mayroong matapat na pagtupad ng pananagutan bilang isang miyembro ng Judaismo sa harapan ng Diyos.

▣
**NASB "buong kabutihan ng budhi"**
**NKJV "sa lahat ng mabuting budhi"**
**NRSV "isang malinaw na budhi"**
**TEV "ang aking budhi ay ganap na maliwanag"**
**NJB "isang ganap na maliwanag na budhi"**

Kadalasang ginagamit ni Pablo ang terminong "budhi" sa mga sulat sa Corinto (cf. 4:4; 8:7,10,12; 10:25,27,28,29; II Corinto 1:12; 4:2; 5:11). Ito ay tumutukoy sa moral na panloob na kaunawaan ng kung anong nararapat o di nararapat (cf. Mga Gawa 23:1). Ang budhi ay maaaring maapektuhan ng ating nakalipas na pamumuhay, ating maling mga pagpili, o sa pamamagitan ng ang Espiritu ng Diyos. Ito ay hindi isang walang maling gabay, ngunit ito ay nagpapasya ng mga hangganan ng indibidwal na pananampalataya. Samakatuwid, ang paglabas sa ating budhi, kahit na kung ito ay sa malio mahina, ay isang pangunahing pananampalatayang suliranin.

Ang budhi ng mananampalataya ay nangangailangan na mas kailangang maitatag ng Salita ng Diyos at ang Espiritu ng Diyos (cf. I Timoteo 3:9). Ang Diyos ang hahatol sa mga mananampalataya (i.e., mahina o malakas, cf. Roma. 14:1-15:13) sa pamamagitan ng ang liwanag na kanilang taglay, ngunit ang lahat ng ating pangangailangan ay ay kailangang maging bukas sa Bibliya at Espiritu para sa mas maliwanag at mas lumalagong kaalaman sa Panginoong Hesukristo.

▣ **"sa harapan ng Diyos"** Ginawa ni Pablo ang ganitong pagbibigay-diin sa II Corinto 1:12; II Timoteo 1:3. Inamin niya na siya ay nag-imbot (cf. Roma. 7:23, lalo na ang v. 7). Ang kanyang teolohikong pangangatuwiran na nasa Roma 1-8 ay batay sa pagsuway ng bawat tao sa kautusan at budhi (cf. 3:9-23; 4:15; 5:20).

**23:2 "dakilang saserdoteng si Ananias"** Sa Hebreong kanyang pangalan ay maaaring Hananiah. Ito ay hindi ang katulad na gaya

ni Ananias sa Lucas 3:2, Juan 18:13, o Mga Gawa 4:6, ngunit isang mas nahuli (Ananias, anak ni Nebedaeo o Nedebaco) hinirang ni Herodes Chalcis, na namuno noong A.D. 48-59 (Josephus, *Antiq*. 20.9.2).

Ang mga sulat ni Josephus ay nagsasabi sa ating ng marami patungkol kay Punong Saserdoteng ito.

1. nang siya ay naging Punong Saserdote, *Antiq.* 20.5.2; *Wars*, 2.12.6.
2. nang siya at kanyang anak (Anano) ay ipinadala sa pagkaalipin sa Roma, *Antiq.* 20.6.2
3. nang siya ay pinatay ng mga naghihimagsik kasama ng kanyang kapatid, *Wars* 2.17.9

Kadalasan, si Josephus lamang ang ating sinaunang kapanahunan para sa Hudyong mga pangyayari at mga taosa Palestina.

▣ **"sa kaniya na siya'y saktan sa bibig"** Ito ay isang tanda ng paglapastangan sa Diyos (cf. Juan 18:22).

**23:3 "sasaktan ka ng Diyos"** Ito ay nakatala nang maraming detalye kay Josephus, *Wars* 2.17.9.

▣ **"ikaw na pinaputing pader"** Ito ay di-tiyak kung ano ang sinasabi ni Pablo.

1. ang mga Hudyo ay ginamit ang talinghagang ito para sa pagkukunwari (cf. Mateo 23:27)
2. ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Ezekiel 13:10-15

▣ **"ng laban sa kautusan"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Levitico 19:15. Tingnan din ang Juan 7:51.

**23:5 "Hindi ko nalalaman, mga kapatid na lalake, na siya'y dakilang saserdote"** Ang mga teoriya para sa di pagkaalam ni Pablo ay ang kanyang

1. mahinang paningin
2. hindi siya kilala ni Pablo dahi sa maraming mga taon na nawala sa Herusalem
3. hindi siya nakilala bilang ang Punong Saserdote dahil siya ay hindi nakasuot ng kanyang pampamunuang balabal
4. hindi niya nakilala kung sino ang nagsasalita
5. ang di-karapat-dapat niyyang mga pagkilos (i.e., panunuya)

▣ **"sapagka't nasusulat"** Si Pablo ay nagpapakita na nalalaman at iginagalang niya ang Kautusan sa pamamagitan ng pagsipi ng Exodo 22:28.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:6-10

**6Datapuwa't nang matalastas ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduceo at ang iba'y mga Fariseo, ay sumigaw siya sa Sanedrin, Mga kapatid na lalake, ako'y Fariseo, anak ng mga Fariseo: ako'y sinisiyasat tungkol sa pagasa at pagkabuhay na maguli ng mga patay. 7At nang masabi na niya ang gayon, nangyari ang isang pagtatalo sa mga Fariseo at sa mga Saduceo; at nagkabahabahagi ang kapulungan. 8Sapagka't sinasabi ng mga Saduceo na walang pagkabuhay na maguli, ni anghel, ni espiritu; datapuwa't kapuwa pinaniniwalaan ng mga Fariseo. 9At nagkaroon ng malaking sigawan, at nagsitindig ang ilan sa mga eskriba na kakampi ng mga Fariseo, at nakikipagtalo, na nagsipagsabi, Wala kaming masumpungang anomang kasalanan sa taong ito: at ano kung siya'y kinausap man ng isang espiritu, o ng isang anghel? 10At nang magkaroon ng malaking pagtatalo, sa takot ng pangulong kapitan na baka pagwaraywarayin nila si Pablo, ay pinapanaog ang mga kawal at ipinaagaw siya sa gitna nila, at siya'y ipinasok sa kuta.**

**23:6 "matalastas"** Maaaring naunawaan ni Pabloa na siya ay maaaring hindi makakuha nang patas na pagdinig mula sa sa Sadduceanong mataas na saserdote.

▣ **"mga Sadduceo"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **"mga Fariseo"** Si Pablo ay naging isang Pariseo (cf. 26:5; Filipos 3:5-6) na ula sa isang pamilya ng mga Fariseo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:34.

▣ **"ako'y sinisiyasat tungkol sa pagasa at pagkabuhay na maguli ng mga patay"** Si Pablo ay bumato ng isang teolohikong isyu sa mga Sadduceo at mga Fariseo na kanilang di-pinagkakasunduan. Ang mga Sadduceo ay itinatanggi ang buhay pagkatapos, habang ang mga Fariseo ay pinaninindigan ito (cf. Job 14:14; 19:23-27; Isaias 25:8; 26:19; Daniel 12:2). Ito ay nagtatakda ng dalawang pangkatin ng konsehong laban sa isa't-isa (cf. vv. 7-10).

**23:7 "nagkabahabahagi ang kapulungan"** Ang karaniwang kahulugang ng terminong ito ay "sa tear" (cf. Lucas 5:36; 23:45). Ito ay nanggaling sa pagkakagamit ng matalinghaga sa loob ng mga pangkat (cf. Mga Gawa 14:4; 23:7). Ang pagkakahati sa pagitan ng dalawang Hudyong sekta ay palagi lamang nasa ilalim ng panlabas. Pinag-alab ni Pablo ang ningas.

**23:8 "ni anghel, ni espiritu"** Ang talatang 8 ay isang puna ni Lucas sa kanyang pinanggagalingan. Ang parirala bang ito ay

nagpapahiwatig na mayroong dalawang kaurian ang espiritwal na nilala o isa? Ang simula ay kapwa may biblikal na kalabuan, ngunit ang Hebreo 1:5,13, at 14 ay nagpapahiwatig na sila ay magkatulad.

Ang itinatanggi ng mga Sadduceo ay ang dualismo ng mabuti at masamang espiritwal na mga nilalang (Zoroastrianong dualismo). Ang mga Fariseo ay ipinaliwanag ang OT konseptong sa pahigpit na Persyanong dualismo at kahit na umunlad ang isang herarkiya ng maka-anghelat demonyo (pito ang mga pinuno ng bawat-isa). Ang pinakamainam na pinanggagalingan na aking natagpuan para sa unang siglo Hudyong anghelohiya ay si Alfred Edersheim, *The Life and Times of Jesus the Messiah*, Dagdag-dahon XIII.

**23:9**
**NASB "nagkaroon ng malaking sigawan"**
**NKJV "nagkaroon ng malakas na sigawan"**
**NRSV "nagkaroon ng malakas na kaingayan"**
**NJB "ang sigawan ay lalong lumakas"**

Ito katulad na parirala ay matatagpuan sa Septuagint ng Exodo 12:30 (tandaan din ang Exodo 3:7; 11:6; Esther 4:3; Isaias 58:4; 65:19). Ang salitang "pagsigaw" (*kraugē*) ay nasa Mateo 25:6; Lucas 1:42; Efeso 4:31; Hebreo 5:7; Pahayag 21:4 din. Tanging ang konteksto ang magtatakda ng uri ng malalakas na "pagsigawa"., paayon o pasalungat).

Ang iba pang madamdaming salitang "nakikipagtalo" (*diamachomai*) ay ginamit din sa LXX sa Daniel 10:20. Ang pagpuna ni Pablo ay nagdulot ng isang malakas, madamdaming pagtatalo, na tiyak na ninanais niyang mangyari!

▣ **"mga eskriba"** Siya ay mga pantas sa kautusan sa kapwa pasalita (Talmud) at isinulat na kautusan (OT). Karamihan sa kanila ay mga Fariseo.

## NATATANGING PAKSA: MGA ESKRIBA

Ang titulo ay nagmula sa Hebreong PANGNGALAN (BDB 706) na nangangahulugang"isang isinawikang mensahe," "isang isinulat na dokumento/utos." Ang Griyegong salin na "grammateus" ay kadalasang tumutukoy sa isang isinulat na mensahe. Ito ay maaaring mangahulugang

1. tagapagturo (Nehemiah 8)
2. namumuno sa pamahalaan ( II Mga Hari 22:3-13)
3. tagapagtala/kalihim (I Cronica 24:6; II Cronica 34:13; Jeremias 36:22)
4. pinunong pangmilitar (cf. Mga Hukom 5:14)
5. pinunong pangrelihiyon (Ezra 7:6; Nehemiah 12:12-13)

Sa NT sila ay kadalasang nauugnay sa mga Fariseo. Sa isang kaunawaan sila ay ang mga taong aral sa OT at mga pasalitang mga Tradisyon (i.e., Talmud). Sila ay tumutulong sa pagbibigay-kuhuluga at paglalapat ng mga panghudyong trandisyon sa pang-araw-araw na buhay (cf. Sirah 39:6). Subalit, ang kanilang katuwiran (i.e., maka-Hudyong legalismo at ritwal) ay hindi maaaring magdala ng kapayapaan sa Diyos (cf. Mateo 5:20; Roma. 3:19-20; 9:1-5,30-32; 10:1-6; Colosas 2:20-22).

Sila ang kadalasang inilalarawan sa mga Sinoptikong ebanghelyo (di kailanman sila nabanggit ni Juan, 8:3 ay hindi orihinal), na kasalungat ni Hesus, bagaman ang iba ay tumugon sa Kanya (cf. Mateo 8:19).

1. pagsasalungatan sa pagkain kasama ng mga makakasalanan at mga taga-singgil ng buwis, Marcos 2:16; Mateo 9:9-13
2. pagsasalungatan sa pinagmula ng kapangyarihin ni Hesus sa pag-papalayas ng mga demonyo, Marcos 3:22
3. pagsasalungatan sa pagpapatawad ni Hesus ng kasalanan, Mateo 9:3; Lucas 5:21
4. pangangailangan para sa isang kagilagilalas na pangitain, Mateo 12:38
5. pagsasalungatan sa paghuhugas ng kamay (i.e., mga pangseremonyang paghuhugas), Mateo 15:1-2; Marcos 7:1-5
6. pagsasalungatan sa pagpapatunay ng mga tao at matagumpay na pagpasok sa Herusalem, Mateo 21:15
7. pagsasakdal ni Hesus sa kanilang mga motibo (i.e., paghahanap ng karangalan at kataasan), Marcos 12:38-40
8. pagsasakdal ni Hesus sa kanila bilang nagkukunwari at mga bulag na gabay sa luklukan ni Moises, Mateo 23:1-36

Dahil sa kanilang kaalaman sa Banal na Kasulatan, sila ang dapat na naunang makakilala at tumanggap kay Hesus, ngunit ang kanilang mga tradisyon (cf. Isaias 29:13; 6:9-10) ang bumulag sa kanilang! Kapag ang liwanag ay naging kadiliman, anog laki ng kadiliman!

▣ **"sa taong ito"** Ang paggamit ng PANGNGALANG parirala ito sa konteksto ay nagpapakita na ito ay hindi pakusang isang salungat na parirala.

▣ **"ano kung"** Ito ay isang bahagi o kulang na UNANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP. Ang mga eskribang ito ay

nagbibigay-diin na si Pablo ay nakakita ng mga bagay mula sa ang espiritwal na mundo, ngunit sila ay hindi tiyak dito. Ang kagyat at mabisang pagtatanggol ni Pablo ay nagpapakita ng kanilang pagkiling para sa kanilang sariling pangkat. Tila hindi nila nagugustuha ang mga Sadduceo higit kaysa isang inaakalang taksil na Fariseo.

Dahil dito sa di-tapos na pang-gramatikong kayarian, ang Textus Receptus, ay sumusunod sa unsyanong Griyegong mga kasulatan H, L, at P, adds, "Huwag nating labananan labanan ang Diyos," na kinuha mula sa Mga Gawa 5:39.

**23:10 "pinapanaog ang mga kawal at ipinaagaw siya sa gitna nila"** Dalawang beses ngayon iniligtas ng Romanong pamahalaan ang buhay ni Pablo sa Herusalem. Hindi kataka-taka na nakita ni Pablo ang pamahalaan bilang isang ministro ng Diyos (cf. Romans 13). Ito ay maaaring maiugnay sa "ang isa na nagpipigil" sa II Thesalonica 2:6-7.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:11

**[11]At nang sumunod na gabi ay lumapit sa kaniya ang Panginoon, at sinabi, Laksan mo ang iyong loob: sapagka't kung paano ang pagkapatotoo mo tungkol sa akin sa Herusalem, ay kailangang patotohanan mo rin gayon sa Roma.**

**23:11 "lumapit sa kaniya ang Panginoon, at sinabi"** Dito ay isa pang personal na pangitain upang palakasin si Pablo (cf. 18:9-10; 22:17-19; 27:23-24). Si Pablo ay hindi isang tao na walang panghihina ng loob at pagduruda.

▣ **"Laksan mo ang iyong loob"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASPAUTOS. Ito ay ang tanging paggamit ng terminong ito sa mga sulat ni Lucas. Maaaring ibinahagi ni Pablo ito kay Lucas. Ginagamit ni Hesus ang termino nang maraming beses (cf. Mateo 9:2,22; 14:27; Juan 16:33).

▣ **"kailangang patotohanan mo rin gayon sa Roma"** Ito ay ang kalooban ng Diyos para kay Pablo na mabilanggo upang siya ay maaaring humarap kay Cesar. Ang ebanghelyo ay maipangangaral sa Roma (cf. 19:21; 22:21)!

Para sa "kailangan" tingnan ang buong tala sa 1:16.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:12-15

**[12]At nang araw na, ay nangagkatipon ang mga Hudyo, at sila'y nangagpanata sa ilalim ng sumpa, na nagsisipagsabi na hindi sila kakain ni iinom man hanggang sa kanilang mapatay si Pablo. [13]At mahigit sa apat na pu ang mga nagsipanumpa ng ganito. [14]At sila'y nagsiparoon sa mga pangulong saserdote at sa mga matanda, at nangagsabi, Kami ay nangagpanata sa ilalim ng mahigpit na sumpa, na hindi titikim ng anoman hanggang sa mapatay namin si Pablo. [15]Ngayon nga kayo pati ng Sanedrin ay mangagpahiwatig sa pangulong kapitan na siya'y ipapanaog niya sa inyo, na waring ibig ninyong mahatulan ng lalong ganap ang sakdal tungkol sa kaniya: at kami, bago siya dumating ay nangahanda upang siya'y patayin.**

**23:12-15** Ang talatang ito ay nagpapabatid sa atin ng pagkakasundo na pumatay ng ilang mga Hudyo. Ito ay isa pang pinaghandaang pagpatay (cf. v. 21) tulad ng mga Hudyo na nagplano laban kay Hesus.

**23:13 "mahigit sa apatnapu"** Ang apatnapu ay isang Hudyong wikain para sa isang mahaba, hindi tiyak na yugto ng panahon, ngunit dito, ito ay ginamit sa mga tao, kaya ito ay maaaring literal. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Bilang sa Banal na Kasulatan at 1:3.

**23:14 "mga pangulong saserdote at sa mga matanda"** Ito ay isang dinaglat na paraan ng pagtukoy sa Sanhedrin. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:5.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Kami ay nangagpanata sa ilalim ng mahigpit na sumpa"** |
| **NKJV** | **"Kami ay nangagpanata sa ilalim ng dakilang sumpa"** |
| **NRSV** | **"Kami ay totoong nagbigkis ng aming mga sarili sa panata"** |
| **TEV** | **"kami ay kumuha ng isang taimtim na panata"** |
| **NJB** | **"kami ay gumawa ng isang taimtim na panata"** |

Ang mga Ingles salin ay isang pagtatangka na isalin ang isang pagkaugnay na pangwikaing parirala, "Kami ay nangagpanata sa ilalim ng mahigpit na sumpa." Ang mga namamatang ito ay hindi pinatay si Pablo. Ako ay nag-iisip kung sila ay nagutom sa kamatayan? Tila ang pasalitang tradisyon ay nagpapahintulot ng paraan palabas mga dugong panatang ito. Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: SUMPA (*ANATHEMA*)

Mayroong maraming salita sa Hebreo para sa "sumpa." Ang *Herem* (BDB 356) ay ginamit sa anumang bagay na ipinagkaloob sa Diyos (cf. LXX bilang *anathema* (BAGD 54), Levitico 27:28), kadalasan para sa pagkawasak (cf. Deuteronomio 7:26; Josue 6:17-18; 17:12). Ito ay isang salita na ginamit sa konsepto ng "banal digmaan." Sinabi ng Diyos na wasakin ang mga Cananeo at Jericho ay ang unang pagkakataon, ang "unang mga bunga."

Sa NT, ang *anathema* at kanyang mga kaugnay na anyo ay ginamit sa maraming magkakaibang kaunawan:

1. bilang isang kaloob o alay sa Diyos (cf. Lucas 21:5)
2. bilang isang panunumpa sa kamatayan (cf. Gawa 23:14)
3. manumpa at mangako (cf. Marcos 14:71)
4. isang pormula ng sumpa na may kaugnayan kay Hesus (cf. I Corinto 12:3)
5. isang pagkakaloob sa isang tao o isang bagay sa kahatulan o pagwasak ng Diyos (cf. Roma 9:3; I Corinto 16:22; Galacia 1:8-9).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:16-25

**16Datapuwa't ang anak na lalake ng kapatid na babae ni Pablo ay narinig ang tungkol sa kanilang pagbabakay, at siya'y naparoon at pumasok sa kuta at isinaysay kay Pablo. 17At tinawag ni Pablo ang isa sa mga senturion, at sinabi, Dalhin mo ang binatang ito sa pangulong kapitan; sapagka't siya'y may isang bagay na sasabihin sa kaniya. 18Kaya't siya'y kinuha, at dinala siya sa pangulong kapitan, at sinabi, Tinawag ako ng bilanggong si Pablo, at ipinamanhik sa aking dalhin ko sa iyo ang binatang ito, na may isang bagay na sasabihin sa iyo. 19At tinangnan siya ng pangulong kapitan sa kamay, at pagtabi ay lihim na tinanong siya, Ano yaong sasabihin mo sa akin? 20At sinabi niya, Pinagkasunduan ng mga Hudyo na sa iyo'y ipamanhik na iyong ipapanaog bukas si Pablo sa Sanedrin, na waring ikaw ay may sisiyasating lalong ganap tungkol sa kaniya. 21Huwag ka ngang palamuyot sa kanila: sapagka't binabakayan siya ng mahigit na apat na pung katao sa kanila, na nangagsipagpanata sa ilalim ng sumpa, na hindi kakain ni iinom man hanggang sa siya'y kanilang mapatay: at ngayo'y nangahahanda sila, na nangaghihintay ng pangako mo. 22Kaya't pinaalis ng pangulong kapitan ang binata, na ipinagbilin sa kaniya, Huwag mong sasabihin sa kanino man na ipinahiwatig mo sa akin ang mga bagay na ito. 23At kaniyang tinawag ang dalawa sa mga senturion, at sinabi, Ihanda ninyo ang dalawang daang kawal upang magsiparoon hanggang sa Cesarea, at pitong pung kabayuhan, at dalawang daang sibatan, sa ikatlong oras ng gabi: 24At pinapaghanda niya sila ng mga hayop, upang mapagsakyan kay Pablo, at siya'y maihatid na walang panganib kay Felix na gobernador. 25At siya'y sumulat ng isang sulat, na ganito:**

**23:16 "ng anak na lalake ng kapatid na babae ni Pablo"** Tayo ay mayroong maraming tanong patungkol sa pamilya ni Pablo, ngunit ito ay nalambungan ng katahimikan. Kung paano niya nalaman ang plano ay di rin alam. Siya ay maaaring isang Fariseo din.

**23:21** Ang paglusob na ito ay maaaring kinapapalooban din ng pagpatay sa mga Romanong bantay!

**23:23** Ang pangkat ng mga kawal na sumama kay Pablo ay tila alinman sa (1) 200 impanterya, 70 kabalyero, at 200 taga-sibat o (2) 200 taga-sibat at 70 kabalyero. Ang kanluranin pamilya ng Griyegong mga kasulatan ay mayroong isang mahabang paglalarawang karagdagan (cf. NKJV).

▣ **"sa ikatlong oras"** Ito ay maliwanag na Romanong panahon. Sila ay nagsimulang magbilang sa gabi ng 6 p.m. Ito ay maaaring 9 p.m.

▣ **"Cesarea"** Ito ay ang punong tanggapan para sa ang Romanong nananakop na pwersa sa Palestina.

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**NRSV, TEV "sibatan"**
**NJB "mga katulong"**
**REB "tropang may kakaunting sandata"**
**NASB (footnote) "karagdagang mga kabayo" o "kawan ng mga hayop"**
**NEB "mamamana"**

Ang kahulugan ng termino *dexiolabos* ay di-tiyak. Ito sa literal ay "isang nakatalaga o armado sa kanang panig" (*dexios*). Ito ay tumutukoy sa

1. ilang uri ng magaang sandala ng sundalo (pana o sibat)

2. isa na nakatali sa mga bilanggo sa kanang panig
3. isa na humahawak ng pangalawang kabayo
4. isa na nasa tagiliran

Ang maraming mga pagpipilian ay nagpapakita na ang mga makabago ay hindi tiyak na nalalaman ang kahulugan.

**23:24 "Felix"** Ang Romanong mananalaysay na si Tacitus (*Histories* 5:9, *Annals* 12:54) tinawag na Antonius Felix malupit at malibog. Kanyang inani ang kanyang kalalagayan sa pamamagitan ng kanyang kapatid na si Pallas (kapwa mga pinalayang alipin), na isang malapit na kaibigan sa Emperador Claudio. Siya ay naglingkod bilang ika-labing-isang procurador ng Palestina noong A.D. 52-59.

**23:25 "na ganito"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Anyo (*tupos*) sa7:43.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:26-30

**[26]Si Claudio Lisias sa kagalanggalang na gobernador Felix, bumabati. [27]Ang taong ito'y hinuli ng mga Hudyo, at papatayin na lamang sana nila, nang dumalo akong may kasamang mga kawal at siya'y iniligtas ko, nang mapagtantong siya'y isang taga Roma. [28]At sa pagkaibig kong mapagunawa ang dahilan kung bakit siya'y kanilang isinakdal, ay ipinanaog ko siya sa kanilang Sanedrin: [29]Na nasumpungan ko na siya'y kanilang isinasakdal sa mga suliranin tungkol sa kanilang kautusan, datapuwa't walang anomang sakdal laban sa kaniya na marapat sa kamatayan o sa tanikala. [30]At nang ipakilala sa akin na may banta laban sa taong iyan, ay ipinadala ko siya agad sa iyo, na aking ipinagbilin din sa mga sa kaniya'y nangagsasakdal na mangagsalita sa harapan mo laban sa kaniya.**

**23:26-30** Ito ay ang kinakailangang sulat ng pagpapaliwanag sa kaso ni Pablo sa pamamagitan ng pinunong nag-uutos (cf. 25:12ff). Ito ay nagpapahayag ng pagdalyo ng mga pangyayari, ngunit ginawa sa isang paraan na magmukhang mabuti si Lsias.

**23:26** Ito ay ang talata kung saan sinabi ang pangalan ng Chiliarch.

**23:29** Ang talatang ito ay umaakma sa huwaran ni Lucas na ang Kristiyanismo at mga pinunong ito, kapag sinakdal sa harapan ng pampamahalaan mga pinuno, ay palaging na papawalang-sala at ipinagpapalagay na walang kasalanan. Ang Roma ay walang dapat ikatakot sa "ang Daan"!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:31-35

**[31]Kaya't ang mga kawal, alinsunod sa iniutos sa kanila, ay kinuha si Pablo at dinala siya sa gabi sa Antipatris. [32]Datapuwa't nang kinabukasan ay pinabayaan nilang samahan siya ng mga kabayuhan, at nangagbalik sa kuta: [33]At sila, nang sila'y magsidating sa Cesarea at maibigay ang sulat sa gobernador, ay iniharap din si Pablo sa harapan niya. [34]At nang mabasa niya ito, ay itinanong niya kung taga saang lalawigan siya; at nang maalamang siya'y taga Cilicia, [35]Pakikinggan kitang lubos, ang sabi niya, pagdating naman ng mga nagsisipagsakdal sa iyo: at ipinagutos na siya'y ingatan sa palasio ni Herodes.**

**23:31 "dinala siya sa gabi sa Antipatris"** Ang lungsod na ito ay itinatag ni Herodes ang Dakila at isinunod sa pangalan ng kanyang ama, Antipater II. Ito ay isang napakahabang paglalakad na halos 30-40 milya. Ang tiyak na lugar ng lungsod ay di-tiyak. Ang dahilan ng pagbalik ng mga sundalong naglalakad (cf. v. 32) sa puntong ito ay

1. ito ay pangunahing lugar ng Nehil
2. ang topolohiya ay bukas at patag, sa may kaunting panganib ng hindi inaasahang paglusob

**23:33 "ang gobernador"** Ito sa literal ay "procurator." Si Lucas ay lubhang tiyak sa kanyang mga titulo para sa lokal at Romanong mga pinuno.

**23:34 "itinanong niya kung taga saang lalawigan siya"** Ito ay upang tiyakin ang nasasakupan. Dahil si Pablo ay mula din sa isang Imperyong Lalawigan, si Felix ay maaaring subukan ang paglilitis. Mayroong tatlong mga pangkat ng nasasakupan sa Romanong Emperyo:

1. Imperyo (Cesar)
2. pang-Senado
3. lokal (tulad ng mga Herodes)

**23:35 "pagdating naman ng mga nagsisipagsakdal sa iyo"** Ito ay maaaring ang mga Hudyo na mu sa Asya na nagpaparatang kay Pablo sa Templo na nagdadala ng Hentil sa itinatakdang pang-Hudyong lugar. Ang katotohanan na sila ay hindi lumantad ay nagbunga ng pagtitiwalag sa mga habla. Ngunit, gaya ng kadalasang nagyayari, lokal na pulitika ay nakakaapekto sa katarungan!

▣ **"ingatan sa palasio ni Herodes"** Ang mga Romano ay mabait kay Pablo habang siya ay nasa kanilang pag-iingat(cf. 24:23). Si Pablo ay namalagi sa isang palasyo itnayo ni Herodes ang Dakila, na sa nakalipas ay ginamit para sa kanyang personal tahanan, ngunit ngayon ay naging Romanong Punong Himpilan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ihambing ang mga pagtatanggol ni Pablo at itala ang karaniwan mga sangkap.
2. Nakita ba ni Pablo ang kanyang sarili bilang isang matapat na Hudyo?
3. Mayroon ba tayong nalalaman patungkol sa pinahabang pamilya ni Pablo mula sa Mga Gawa?

# MGA GAWA 24

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kaso laban kay Pablo | Pagsasakdal ng Sedisyon | Si Pablo sa Harapan ni Felix | Ang Kaso laban kay Pablo | Ang Kaso sa harapan ni Felix |
| 24:1-9 | 24:1-9 | 24:1-2a | 24:1-2a | 24:1-9 |
| | | 24:2b-8 | 24:2b-9 | |
| | | 24:9 | | |
| Ipinagtanggol ni Pablo ang Kanyang sarili kay Felix | Pagtatanggol sa Harap ni Felix | | Pagtatanggol sa Harap ni Felix | |
| 24:10-21 | 24:10-21 | 24:10a | 24:10a | 24:10a |
| | | | | Talumpati ni Pablo sa Romanong Gobernador |
| | | 24:10b-21 | 24:10b-16 | 24:10b-13 |
| | | | | 24:14-16 |
| | | | 24:17-21 | 24:17-21 |
| | Nagpaliban si Felix | | | Pagkakulong ni Pablo sa Cesarea |
| 24:22-23 | 24:22-27 | 24:22-23 | 24:22-23 | 24:22-23 |
| Ikinulong si Pablo | | | Si Pablo sa harapan ni Felix at Dursilla | |
| 24:24-26 | | 24:24-26 | 24:24-26 | 24:24-26 |
| 24:27 | | 24:27 | 24:27 | 24:27 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:1-2a**

**1 At pagkaraan ng limang araw ay lumusong ang pangulong saserdoteng si Ananias na kasama ang ilang**

**matatanda, at ang isang Tertulo na mananalumpati; at sila'y nangagbigay-alam sa gobernador laban kay Pablo. [2a]At nang siya'y tawagin, si Tertulo ay nagpasimulang isakdal siya, na sinasabi,**

**24:1 "ang pangulong saserdoteng si Ananias"** Tingnan ang buong tala sa 23:2. Ay! Ang punong saserdote mismo ang dumating mula sa Herusalem patungong Cesarea. Si Pablo ay totoong isang tinik sa kanilang laman!

▣ **"lumusong"** Para sa mga Hudyo, Herusalem ay palaging "pataas" at lahat ng ibang heograpikong mga lugar ay "pababa."

▣ **"ang ilang matatanda"** Sa OT ang terminong ito ay tumutukoy na matatandang pang-tribung mga pinuno. Noong post-exilic na panahon, ito ay nagsimula na gamiting sa mayayaman, makapangyarihang tao ng Herusalem. Kadalasan,sa NT ang Sanhedrin ay inilalarawan bilang "ang mga Punong Saserdote, mga eskriba, at mga matatanda." Sila ay maaaring mga miyembro ng Sanhedrin na itinataguyod ang mga Sadduceo. Ang templong pamunuan ay makikitang maaaring suliranin kapag ang mga Fariseo ay nandito (cf. 23:6-10).

▣ **"Tertulo"** Ito ay isang binabayarang abogado (manananggol) o mananalumpati (cf. NKJV). Ito ay isang anyo ng Griyegong salitang *rēma* o "isinawikang salita." Tila siya ay nandoon sa kaso ng Sanhedrin sa isang katanggap-tanggap na Romanong legal na anyo, maaaring sa Latin.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:2b-9

**[2b]Yamang dahil sa iyo'y nangagtatamo kami ng malaking kapayapaan, at sa iyong kalinga ay napawi sa bansang ito ang mga kasamaan, [3]Ay tinatanggap namin ito sa lahat ng mga paraan at sa lahat ng mga dako, kagalanggalang na Felix, ng buong pagpapasalamat. [4]Datapuwa't, nang huwag akong makabagabag pa sa iyo, ay ipinamamanhik ko sa iyo na pakinggan mo kami sa iyong kagandahang loob sa ilang mga salita. [5]Sapagka't nangasumpungan namin ang taong ito'y isang taong mapangulo at mapagbangon ng mga paghihimagsik sa gitna ng lahat ng mga Hudyo sa buong sanglibutan, at namiminuno sa sekta ng mga Nazareno: [6]Na kaniya rin namang pinagsisikapang lapastanganin ang templo: na siya ring dahil ng aming inihuli: [7]Datapuwa't dumating ang pangulong pinunong si Lysias at sapilitang inagaw siya sa aming mga kamay. [8]Na mapagtatalastas mo, sa iyong pagsisiyasat sa kaniya, ang lahat ng mga bagay na ito na laban sa kaniya'y isinasakdal namin. [9]At nakianib naman ang mga Hudyo sa pagsasakdal, na pinatutunayan na ang mga bagay na ito'y gayon nga.**

**24:2b-4** Ang pasimulang ito ay hindi lamang isang pagtatangka sa di matapat na papuri (ay maaaring inaasahan), ngunit walang batayan sa katotohanan. Si Felix ay isang malupit na tao (cf. Tacitus, *Histories* 5.9 at *Annals* 12.2). Si Felix ay nasa kalalagayan dahil amang kanyang kapatid, si Pallas, who, kasama ni Felix, ay isang malayang tao ng Antonia (anak na babae ni Marcos Antonio), Claudio, ang ina na Emerador. Siya sa huli ay ninanggal ni Nero at sa hiling ng mga tao (cf. Josephus, *Wars* 2.12.8-13.7 at *Antiq.* 20.7.7-8.9.

**24:2b "nangagtatamo ng malaking kapayapaan"** Ang ilan ay nag-iisip na ito ay tumutukoy sa kanyang pagtatanka na ihinto ang ang gawain ng ang Hudyong labis ang paniniwala na tinawag na *sicarii* (mga taong punyal). Tingnan si Josephus, *Wars* 2.13.2.

**24:5 "Sapagkat nangasumpungan namin ang taong ito"** Ito ay ang layunin ni Lucas sa lahat ng dako ng Mga Gawa na ipakita sa Romanong mundo na ang mga pagbibintang laban sa Kristiyanismo ay bulaan. Ito ang dahilan kung bakit si Lucas ay nagtala nang lubhang maraming pagpapakita sa harapan ng Romanong mga hukuman at mga pinuno. Si Pablo ay pinaparatangan ng tatlong mga bagay:

1. na isang nagsisimula ng away
2. na isang pinuno ng isang bagong sekta
3. paglapastangan sa templo

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"isang taong mapangulo"** |
| **NKJV** | **"isang salot"** |
| **NRSV** | **"isang pesteng tao"** |
| **TEV** | **"isang mapanganib na buwisit"** |
| **NJB** | **"isang lubos na salot"** |

Ito ay nagmula sa isang salitang na nangangahulugang salot (cf. Lucas 21:11). Sa OT (LXX) ito din ay nangangahulugang salot, ngunit ay maaaring ginamit ng patalinghaga sa isang tao (cf. Kawikaan 19:25).

▣ **"sa buong sanglibutan"** Ito ay tiyakang isang makalayuning lagpas na pahayag at ngunit kung anong isang papuri bisa ng ministeryo ni Pablo sa diaspora.

▣ **"namiminuno"** Ito ay isang tambalang Griyegong termino mula sa "una" at "tumayo." Ito ay ginamit sa Septuagint ng Job 15:24, "isang kapitan ng unang ranggo." Ito ay matatagpuan lamang dito sa NT at hindi sa lahat ng Koine papyri na matatagpuan sa Ehipto.

▣ **"ang sekta"** Ang termino *hairesis* sa orihinal ay nangahulugang "pangkat" o "paksyon" (sa literal, "gumawa ng isang pagpili). Ito dumating na may isang salungat na kahulugan, gaya ng maaaring makita sa ating Ingles na terminong "erehe o hidwang pananampalataya," na nagmula sa Griyegong terminong ito. Ang mga Sadduceo ay tinatagurisa pamamagitan ng terminong ito sa 5:17 at ang mga Fariseo sa 15:5. Sa kontekstong ito sa Mga Gawa, isinaalang-alang ni Pablo ang Kristiyanismo isang mahalagang bahagi ng pagkasaysayang Hudyong pananampalataya at pag-asa (cf. v. 14).

▣ **"ang mga Nazareno"** Ang terminong ito ay tumutukoy sa mga tagasunod ni Hesus ng Nazareth. Ang ilang ay nagpapahayag na ang terminong ito ay nagmula sa ang lungsod ng Nazareth ngunit ang iba ay inuugnay ito sa *nezer* (BDB 666) o "sanga," isang titulo para sa Mesias (cf. Isaias 11:1; 53:2). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:22.

**24:6** Pansinin ang bintang na ginawa laban kay Pablo sa 21:28 na siya ang lumapastangan sa templo, ay mayroong ngayong pagbabago na "na sinubukan niyang lapastanganin ang templo." Sila ay may tiyak na isang mahinang kaso. Ang mabisang pangangaral ay ang tunay na suliranin.

**24:7** Ang panaklong sa NASB ay nagpapakita isang tekstwal na karagdagan na matatagpuan sa unsyanong MS E (ika-8 siglo) at maraming minuskula na nagsimula noong ika-9 siglo. Ang mas mahabang pagbasa ay matatagpuan sa NKJV. Ito ay tila sa pagbabago ng isa na nagnanais na saktang si Pablo mula sa Hudyong pamunuan sa Lysias.

Ang UBS[4] ay tinatanggal ang karagdagan at inaantasan ang mas maikling salin(MSS $P^{74}$, א, A, D, ilang Lumang Latin, Vulgate, Coptic, at Georgianong mga saling) bilang isang "B" (halos tiyak). Ang UBS[3] ay sinama ang mas mahabang pagbasa ngunit binigyan ito isang "D" na antas (mataas na antas ng pagduruda).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:10-21

**10At nang siya'y mahudyatan ng gobernador upang magsalita, si Pablo ay sumagot, Yamang nalalaman ko na ikaw ay hukom sa loob ng maraming mga taon sa bansang ito, ay masiglang gagawin ko ang aking pagsasanggalang:**
**11Sapagka't napagtatalastas mo na wala pang labingdalawang araw buhat nang ako'y umahon sa Herusalem upang sumamba: 12At ni hindi nila ako nasumpungan sa templo na nakikipagtalo sa kanino man o kaya'y nanggugulo sa karamihan, ni sa mga sinagoga, ni sa bayan. 13Ni hindi rin mapatutunayan nila sa iyo ang mga bagay na ngayo'y kanilang isinasakdal laban sa akin. 14Nguni't ito ang ipinahahayag ko sa iyo, na ayon sa Daan na kanilang tinatawag na sekta, ay gayon ang paglilingkod ko sa Diyos ng aming mga magulang, na sinasampalatayanan ang lahat ng mga bagay na alinsunod sa kautusan, at nangasusulat sa mga propeta; 15Na may pagasa sa Diyos, na siya rin namang hinihintay nila, na magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at gayon din ng mga di ganap. 16 Na dahil nga rito'y lagi rin akong nagsasanay upang magkaroon ng isang budhing walang kapaslangan sa Diyos at sa mga tao. 17At nang makaraan nga ang ilang mga taon ay naparito ako upang magdala ng mga limos sa aking bansa, at ng mga hain: 18Na ganito nila ako nasumpungang pinalinis sa templo, na walang kasamang karamihan, ni wala ring kaguluhan: datapuwa't mayroon doong ilang mga Hudyong galing sa Asya. 19Na dapat magsiparito sa harapan mo, at mangagsakdal, kung may anomang laban sa akin. 20O kaya'y ang mga tao ring ito ang mangagsabi kung anong masamang gawa ang nasumpungan nila nang ako'y nakatayo sa harapan ng Sanedrin, 21Maliban na sa isang tinig na ito na aking isinigaw nang nakatayo sa gitna nila, Tungkol sa pagkabuhay na maguli ng mga patay ako'y pinaghahatulan sa harapan ninyo sa araw na ito.**

**24:10** Bilang manananggol para sa Sanhedrin ginamit ang isang pormal na panimula (maaaring inaasahan sa kultura), gayundin naman, ang ginawa ni Pablo.

▣ **"pagsasanggalang"** Nakuha natin ang Ingles na terminong "apolohiya" o "apolohetika" mula sa Griyegong terminong ito. Ito sa orihinal ay nangahulugang isang legal na pasalitang pagtatanggol sa hukuman.

**24:11-12** Binibigyang-diin ni Pablo na ang kanyang pangmadlang mga gawain sa Herusalem ay anumang bagay maliban sa abnormal at may pagtutol. Siya ay pinaratangang lumapastangan sa templo, ngunit sa katotohanan, siya ay nagsasagawa ng isang katanggap-tanggap na tritwal.

**24:14 "sa Daan"** Ito ay ang sinaunang titulo para sa mga Kristiyano na nagbibigay-diin na si Hesus ay ang daan sa Diyos (Juan 14:6) at isang pamumuhay na pakikipag-ugnayan (cf. 9:2; 19:9,23; 22:4; 24:22 at maaaring 18:25-26).

▣ **"gayon ang paglilingkod ko sa Diyos ng aming mga magulang"** Si Pablo ay maliwanag na nagpapahayag sa talatang

ito na kung ano ang kaniyang ipinapangaral patungkol kay Hesus sa kahit anong paraan ay hindi lumalabag sa OT. Si Hesus ay ang katuparan ng pag-asa at mga pangako sa Israel. Hindi niya nakita ang Kristiyanismo bilang isang bagoat naiiba ngunit isang katuparan (cf. Hesus sa Mateo 5:17-19).

▣ **"ang Kautusan…ang mga Propeta"** Ito ay dalawa sa tatlong baahaging pangkat ng OT kanon:
1. Ang Torah (Kautusan) — Genesis - Deuteronomio
2. Ang mga Propeta
    a. mga naunang propeta — Josue - Mga Hari (maliban sa Ruth)
    b. mga nahuling propeta — Isaias - Malakias (maliban sa Mga Panaghoy at Daniel)
3. Ang mga Sulat
    a. megiloth — Ruth, Esther, Ecclesiastes, Awit ni Solomon, at Mga Panaghoy
    b. pangkarunungang panitikan — Job, Mga Awi, Mga Kawikaan
    c. post-exilic na kasaysayan — I & II Cronica, Ezra, at Nehemiah

**24:15 "Na may pagasa sa Diyos, na siya rin namang hinihintay nila"** Si Pablo ay naagpapahayag na ang kanyang pang-relihiyong pag-aangkop ay katulad ng mga nagsasakdal (cf. v. 16), maliban sa sa kanyang pananaw ng muling pagkabuhay. Si Pablo ay sinusubukang sa ipagtanggol ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagsasalungatan ay nasa teolohikong mga isyu sa loob ng Judaismo, na hindi nais ng Roma na masangkolt.

Para sa "pag-asa" tingnan ang Natatanging Paksa: Pag-asa sa 2:25.

▣ **"na magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at gayon din ng mga di ganap"** Ito ay tumutukoy sa ang teolohiya ng mga Fariseo, hindi ang Sadduceanong pamunuan ng templo. Josephus, *Antiq.* 18.1.3, ay nagpapahayag na ang ilang mga Fariseo ay itinatanggi ang muling pagkabuhay ng mga makasalanan (para sa isang makabagong pananaw ng paglipol tingnan si Edward Fudge, *The Fire That Consumes*). Ang Bib repliya ay sagana sa ganitong konsepto ng isang pangkalahatang muling pagkabuhay (cf. Isaias 25:8; Daniel 12:2; Mateo 25:46; Juan 5:29; Roma. 2:6-11; Pahayag 20:11-15). Nakita ni Pablo ang Kristiyanismo bilang natural na katuparan ng OT (cf. Mateo 5:17-19). Ito ay hindi bagong bagay!

**24:16 "lagi rin akong nagsasanay upang magkaroon ng isang budhing walang kapaslangan"** Ang katulad na parirala ay lubhang nagpagit sa Punong Saserdote sa 23:1-2. Muli itong inulit ni Pablo sa kanyang presensya. Ito ay katulad sa kanyang pagtalakay ng pansariling pagpupunyagi sa I Corinto 9:24-27. Ang pagtitimpi na kaniyang ipinangaral kay Felix (cf. v. 25) ay hindi isang madaling bagay na maisakatuparan at mapanatili. Ang pagtitimpi ay isa sa mga bunga ng Espiritu sa Galacia 5:22 at maaaring ang una sa mga tala ng bunga!

**24:17 "naparito ako upang magdala ng mga limos sa aking bansa"** Para sa "Mga Limos" tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:2. Ito ay maaaring tumutukoy sa mga ambagan mula sa Hentil na mga iglesiya para sa iglesiya sa Herusalem (cf. Roma. 15:25-27; I Corinto 16:1-4; II Corinto 8-9). Ito ay nakakagulat na ito ay hindi na nabanggitsa 21:15ff. Ito ay maaaring nagpapakita na ito ay hindi tinanggap nang mahusay ng iglesiya sa Herusalem (see Santiago D. G. Dunn, *Unity and Diversity of the New Testament*). Ang matibay na kapootang panglahi ay mahirap pakitunguhan kahit na para sa mga mananampalataya.

▣ **"at ng mga hain"** Ito ay tumutukoy sa
1. ang pangwakas sa limitadong Nazaritong panata ni Pablo (cf. 21:24)
2. kanyang pagbabayad sa mga limitadong Nazaritong panata para sa iba (cf. 21:24)

Dahil sa ang pariralang ito ay tila sa mauugnay sa gramatika ng "pagdadala ng limos," ito ay maaari na sila ay kapwa tumutukoy sa Hudyong mga ritwal, hindi ang mga handog na mula sa mga iglesiya.

**24:18 "ganito nila ako nasumpungang pinalinis sa templo, na walang kasamang karamihan"** Ang ganitong pang-Hudyong ritwal na pamamaraan ay at ang pagsusulsol ni Santiago at mga matatanda ng iglesiya (cf. 21:17-26). Ito ay paraan sa pagsusuyo ng mga legalistikong Hudyong mananampalataya sa iglesiya, ngunit sa katotohanan, ito ay nagpaalab ng mga nagsasalita ng Griyegong mga Hudyo mula sa Asya.

**24:18-19 "ilang mga Hudyong galing sa Asya na dapat magsiparito sa harapan mo"** Ito ay isang mahalagang legal na punto sa pagtatanggol ni Pablo (cf. v. 19). Ang mga tagapagsakdal ng mga nakitang saksi ay wala! Silang nagsasakdal kay Pablo ng pandaigdigang panggugulo ay walang pangkaranasang katibayan (cf. v. 20)!

Asya ay isang heograpikong sangunian sa Hudyong mula sa katimugang at kanluranin Turkey, pagkatapos na tinawag na Asya Minor.

**24:19b "kung"** Ito ay isang PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI, isang paraan upang maipahayag ng isang kawalang-katiyakan na napakalayong matanggal mula sa posibilidad. A. T. Robertson, *Word Pictures of the New Testament*, p. 420, ay tinatawag itong isang magkahalong kalagayan na mayisang PANGALAWANG URING pagwawakas (i.e., ngunit sila ay wala, v. 19a). Ang kanyang

*Gramatika* (p. 1022) ay nagtala ng ibang pang MAY PASUBALI MGA PANGUNGUSAP sa mga sulat ni Lucas (cf. Lucas 17:6 at Mga Gawa 8:31).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:22-23**

[22]**Datapuwa't si Felix, na may lalong ganap nang pagkatalastas tungkol sa Daan, ay ipinagpaliban sila, na sinasabi, Paglusong ni Lisias na pangulong kapitan, ay pasisiyahan ko ang inyong usap.** [23]**At iniutos niya sa senturion na siya'y tanuran at siya'y pagbigyang-loob; at huwag ipagbawal sa kanino mang mga kaibigan niya na siya'y paglingkuran.**

**24:22** Tila si Felix ay may narinig na patungkol kay Hesus at ang Kristiyanismo. Maaaring bilang isang Romanong pinuno siya ay nasabihan na patungkol sa lokal na kalalagayan kung saan siya ay maaaring italaga.

Ang asawa ni Felix ay Hudyo (cf. v. 24), na nangahulugang siya ay may pangkaranasang pagkakataon na malaman ang patungkol sa mga turo ng Judaismo. Ang Daan ay ipinagpapalagay na isang sekta sa loob ng Judaismo at, samakatuwid, ay isang "legal" na relihiyon sa Romanong Emperyo.

**24:23** Ito ay nagpapakita na hindi nakita ni Felix si Pablo bilang isang banta at pinahintulutan ang ilang kalayaan at paglapit. Dito muli ay isang Romanong pampamunuang na hindi nakita ang Kristiyanismo bilang isang pampulitikang suliranin. Ito ay tiyak na isa sa mga layunin ni Lucas sa pagsusulat ng kanyang Ebanghelyo!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:24-27**

[24]**Datapuwa't nang makaraan ang ilang mga araw, si Felix ay dumating na kasama si Drusila, na kaniyang asawa, na isang Judia, at ipinatawag si Pablo, at siya'y pinakinggan tungkol sa pananampalataya kay Kristo Hesus.** [25]**At samantalang siya'y nagsasalaysay tungkol sa katuwiran, at sa sariling pagpipigil, at sa paghuhukom na darating, ay nangilabot si Felix, at sumagot, Ngayo'y humayo ka; at pagkakaroon ko ng kaukulang panahon ay ipatatawag kita.** [26]**Kaniyang inaasahan din naman na siya'y bibigyan ni Pablo ng salapi: kaya naman lalong madalas na ipinatatawag siya, at sa kaniya'y nakikipagusap.** [27]**Datapuwa't nang maganap ang dalawang taon, si Felix ay hinalinhan ni Porcio Festo; at sa pagkaibig ni Felix na siya'y kalugdan ng mga Hudyo, ay pinabayaan sa mga tanikala si Pablo.**

**24:24 "Drusilla"** Siya ay ang pinakabata, at tila ang pinaka magandang, anak na babae ni Herodes Agripa I at ang kapatid na babae ni Bernice at Agripa II. Siya ay pangatlong asawa ni Felix, na kinuha niya kay Azizus, ang Hari ng Emesa (cf. Josephus, *Antiq.* 20.7.2).

▣

**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB "Kristo Hesus"**
**NKJV "Kristo"**

Ang opsyon #1 ay matatagpuan sa MSS $P^{74}$, $\aleph^*$, B, E, at ang Lumang Latin, Vulgate mga sali. Ang mas maikling pagbasa ay matatagpuan sa MSS $\aleph^c$, A, C, at ang Peshitta at Copticong mga salin. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa mas mahabang salin ng isang "B" na antas (halos tiyak).

Ang isa ay gustong malaman kung sa kontekstong ito, ang "Kristo" ay dapat na isaling "Mesias" (MS 044 ay mayroong "ang Mesias").

▣ **"pananampalataya"** Ito ay isang napakahalagang teolohikong salita. Tingnan ang Natatanging mga Paksa at 2:40; 3:16; at 6:5. Tandaan na ang mga teolohikong mga terminong ito sa Koine Griyego ay hindi nakabatay sa Griyegong paggamit, ngunit sa Septuagint. Nalalaman ni Lucas ang Septuagint nang may kahusayan. Ito ay ang OT para sa iglesiya.

**24:24-25** Si Pablo ay madalas mangaral ng ebanghelyo(cf. v. 26b) kina Felix at Drusilla. Ito ay tiyak na nais ni Hesus na kanyang gawin (cf. 9:15). Siya ay nananalig, ngunit sakim din (i.e., ninais niya na magsuhol si Pablo sa kanya) at ipinagpaliban ang kanyang kapasyahan (cf. v. 26).

**24:26** Tila si Pablo ay may ilang mga nalikom sa panahon ng pagkakabilangong ito. Maaaring mula sa (1) isang personal mana o (2) help mula sa mga iglesiya (i.e., Filipos o Tesalonica). Madalas tawagin ni Felix si Pablo, hindi upang pakinggan siya, ngunit upang umasa na makatanggap ng suhol.

**24:27 "Datapuwa't nang maganap ang dalawang taon"** Marami ang naniniwala na sa panahon ng yugtong ito that na si Lucas ay nakakuha ng impormasyon mula sa saksing nakakita mula sa Palestina para sa kanyang Ebanghelyo (cf. Lucas 1:1-4). Ito ay maaaring isang panahon ng panghihina ng loob sa isang masiglang tao na tulad ni Pablo! Subalit, siya ay di naghanap ng kalayaan sa pamamagitan ng panunuhol. Nalalaman niya na siya ay nasa kalooban ng Diyos.

▣ **"Porcio Festo"** Mayroong ilang pagtatalo pagitan ng ang Romanong mananalasay, Suetonius at Tacitus, sa simulang petsa ng kanyang tungkulin. Si Felix ay nilitis noong A.D. 55, ngunit ito ay di-tiyak kung siya ay napatunayang may sala at tinanggal pagkatapos o noong A.D. 59. Si Festo ay namatay noong A.D. 62, habang habang siya nasa tungkuling (cf. Josephus, *Antiq.* 20.9.1). Mayroong kaunting pagkakilala patungkol sa kanya (cf. Josephus, *Antiq.* 20.8.9-10; *Wars* 2.14.1).

▣ **"pinabayaan sa mga tanikala si Pablo"** Ito ay kaugalian na palayain ang lahat ng bilanggo sa panahon ng ng pagpapalit ng pamunuan. Ang talatang ito ay nagpapakita ang pampulitikang kalagayan sa Palestina at ang kahinaan ng Romanong mga pinuno, gayundin naman sa ang kapangyarihan ng Sanhedrin.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Anong ang ibig-sabihin ng terminong "Nazareno"?
2. Anong ay ang mga implikasyon ng ang unang titulo ng glesiya sa Mga Gawa na "ang Daan"?
3. Ipaliwanag ang kahalagahan ng v. 15.

# MGA GAWA 25

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagsamo ni Pablo kay Cesar | Pagsamo ni Pablo kay Cesar | Pagsamo sa Emperador | Pagsamo ni Pablo sa Emperador | Pagsamo ni Pablo kay Cesar |
| 25:1-5 | 25:1-12 | 25:1-5 | 25:1-5 | 25:1-5 |
| 25:6-12 | | 25:6-12 | 25:6-8 | 25:6-12 |
| | | | 25:9 | |
| | | | 25:10-11 | |
| | | | 25:12 | |
| Dinala si Pablo kina Agripa at Bernice | Si Pablo sa harapan ni Agripa | Pagtatanggol ni Pablo sa Harapan ni Agripa (25:13-26:32) | Pablo sa harapan nina Agripa at Bernice | Pablo ay Humarap sa Haring Agripa |
| 25:13-22 | 25:13-27 | 25:13-22 | 25:13-21 | 25:13-22 |
| | | | 25:22a | |
| | | | 25:22b | |
| 25:23-27 | | 25:23-27 | 25:23-27 | 25:23-26:1 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:1-5**

**1Nang makapasok na nga si Festo sa lalawigan, pagkaraan ng tatlong araw ay umahon sa Herusalem mula sa Cesarea. 2At ang mga pangulong saserdote at ang mga maginoo sa mga Hudyo ay nangagbigay-alam sa kaniya laban kay Pablo; at siya'y kanilang pinamanhikan, 3Na humihingi ng lingap laban sa kaniya, na siya'y ipahatid sa Herusalem; na binabakayan upang siya'y mapatay sa daan. 4Gayon ma'y sumagot si Festo, na si Pablo ay tinatanuran sa Cesarea, at siya'y paroroon sa lalong madaling panahon. 5Kaya nga, sinabi niya, ang mga may kapangyarihan sa inyo ay magsisamang lumusong sa akin, at kung may anomang pagkakasala ang taong ito, ay isakdal siya nila.**

**25:1 "Festo"** Siya ang pumalit kay Felix. Siya ay isang mas maharlikang personalidad, ngunit maliwanag na sa ilalim ng katulad

na pampulitikang pagkagipit at isipan ay nagtatakda. Siya nasa tungkulin nang dalawang taon at namatay noong A.D. 62 habang nasa tungkulin (cf. Josephus, *Antiq*. 20.8.9).

▣ **"pagkaraan ng tatlong araw"** Ito ay nagpapakita kung gaano kabalisa at kasugid ang Hudyong pamunuan patungkol kay Pablo. Si Festo din ay nagnanais na gawing mabuti ang unang pagkakilala.

**25:2 "ang mga pangulong saserdote at ang mga maginoo sa mga Hudyo"** Ito ay maaaring tumukoy sa Sanhedrin, na binubuo ng 70 Hudyong mga pinuno mula sa Herusalem. Bumuo sila ng pinakamatas na panghukumang katawan ng mga Hudyo sa kapwa pulitika at relihiyon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:5. Subalit, ito ay maaaring din tumutukoy sa ibang mayayaman at piling mga mamamayan ng Herusalem na maaaring lubhang nababahala na makatagpo ang bagong Romanong prokurador at magsimulang magtatag ng isang mabuting pakikipag-ugnayan sa kanya.

Ito ay totoong maaari na ito ay tumutukoy say kapwa mga pangkat. Pagkatapos ng dalawang taon mayroong isang bagong punong saserdote, Ishmael ben Fabus (A.D. 56-62). Siya, din, ay nagnanais na maitatag sa kanyang sarilin ang isang mabuti paraan paglaban sa taksil na Fariseo, si Pablo.

▣ **"siya'y kanilang pinamanhikan"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS MAY PAHIWATIG. Sila ay nagtanong nang paulit-ulit.

**25:3** Ito ay nagpapakita ng kapootan laban kayPablo sa bahagin nitong mga pang-relihiyong pinuno. Nakita nila si Pablo bilang isang kaaway na nagmula sa loob!

▣ **"na binabakayan upang siya'y mapatay sa daan"** Ang taktika ng Hudyong pamunuan ay hindi nagbago (cf. 23:12- 15).

**25:5 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP na ipinagpapalagay na totoo na mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga layunin (cf. A. T. Robertson, *Word Pictures of the New Testament*, tomo 3, p. 429). Dr. Bruce Tankersley, ang Koine Griyegong dalubhasa sa East Texas Baptist University, ay nagsabing ito ay maaaring PANGATLONG URING dahil walang PANDIWA sa protasis. Ipinagpapalagay ni Festo na nagkasala si Pablo. Bakit pa rin lubhang masugid at lubhang mahigpit ang mga pinuno sa Herusalem?

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:6-12

**[6]At nang siya'y makatira na sa kanila na hihigit sa walo o sangpung araw, ay lumusong siya sa Cesarea: at nang kinabukasa'y lumuklok siya sa hukuman, at ipinaharap sa kaniya si Pablo. [7]At nang siya'y dumating, ay niligid siya ng mga Hudyo na nagsilusong na galing sa Herusalem, na may dalang marami at mabibigat na sakdal laban sa kaniya, na pawang hindi nila mapatunayan; [8]Samantalang sinasabi ni Pablo sa kaniyang pagsasanggalang, Laban man sa kautusan ng mga Hudyo, ni laban sa templo, ni laban kay Cesar, ay hindi ako nagkakasala ng anoman. [9]Datapuwa't si Festo, sa pagkaibig na siya'y kalugdan ng mga Hudyo, ay sumagot kay Pablo, at nagsabi, Ibig mo bagang umahon sa Herusalem, at doon ka hatulan sa mga bagay na ito sa harapan ko? [10]Datapuwa't sinabi ni Pablo, Nakatayo ako sa harapan ng hukuman ni Cesar, na doon ako dapat hatulan: wala akong ginawang anomang kasamaan sa mga Hudyo, gaya rin naman ng pagkatalastas mong mabuti. [11]Kung ako nga'y isang makasalanan, at nakagawa ng anomang bagay na marapat sa kamatayan, ay hindi ako tumatangging mamatay; datapuwa't kung walang katotohanan ang mga bagay na ipinagsasakdal ng mga ito laban sa akin, ay hindi ako maibibigay ninoman sa kanila. Maghahabol ako kay Cesar. [12]Nang magkagayon si Festo, nang makapagpanayam sa kanyang lupon, ay sumagot, Naghabol ka kay Cesar; kay Cesar ka paparoon.**

**25:6-9** Ang mga pangyayaring ito ay nagpapakita kay Pablo na siya ay walang tunay na pag-asa para sa katarungan kay Festo. Nalalaman niya kung anong naghihintay sa kanya sa Herusalem (cf. v. 3). Nalalaman niya rin na nais ni Hesus na pumunta siya sa Roma (cf. 9:15).

**25:6 "At nang siya'y makatira na sa kanila na hihigit sa walo o sangpung araw"** Ipinagpapalagay ko na ang Hudyong mga pinuno ay pinainom ng alak at pinakain si Festo. Kanilang pinapaandar ang lahat ng Romanong mga pinuno.

**25:8** Pablo ay nagpapahayag na siya ay walang kasalanan sa lahat ng mga sakdal laban

1. sa Kautusan ng Moises (cf. 21:21,28)
2. sa templo (cf. 21:28; 24:6)
3. kay Cesar (cf. 16:21; 17:7)

Mga Bilang 1 at 2 ay ang tiyak na isinakdal kay Esteban sa 6:13-14.

**25:10-11** Si Pablo ay nagpapahayag na siya ay na harapan na ng wastong awtoridad at sa wastong lugar. Itinala ni Lucas sa v. 11 ang pampamunuang pagsamo ni Pablo kay Cesar.

Ang karapatan sa pagsamo kay Cesar ay sinimula ni Octavian noong 30 B.C. (cf. Dio Cassius, *History*, 51.19). Ang panimulang

atas na ito ay pinalawig sa pagbabawal ng  sa pagbulag, pagpaparusa, at pagpapahirap sa kahit-anong Romanong mamamayan na nagsasamo kay Cesar (cf. Paulus, *Sententiae* 5.26.1).

Mayroong isang mabuti pagtalakay ng Romanong Kautusan sa unang siglo ni A. N. Sherwin-White, *Roman Society and Roman Law of the New Testament*, “pang-apat na lektura: Si Pablo sa harapan nina Felix at Festo,” pp. 48-70.

**25:11 “Kung. . .kung”** Ang dalawang UNANG URING MAY PASUBALI na mga pangungusap ay ipinagpapalagay na  tunay na mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang layunin.  Ang dalawa mga pagkakagamit na ito sa konteksto ay nagpapakita kung paanong ang ganitong gramatikong kayariah ay ginamit upang gumawa ng isang punto.  Ang una ay bulaan sa katotohanan (ngunit tiyakl ang katulad na kalagayag ginamit ni Felix sa v. 5); ang pangalawa ay tunay sa katotohanan.

▣ **“hindi ako tumatangging mamatay”** Kinikilala ni Pablo  ang kapangyarihan ng estado (cf. Roma. 13:4).  Ang OT pananaw sa parusang kamatayan ay maaaring matatagpuan sa Genesis 9:6.  Tingnan ang isang nakakawili pagtalakay ng parusang kamatayan sa *Hard Sayings of the Bible*, pp. 114-116.

▣

**NASB, TEV** **“hindi ako maibibigay ninoman sa kanila”**
**NKJV** **“walang sinuman ang makakapagbigay sa akin sa kanila”**
**NRSV** **“walang sinuman ang makakapagsauli sa akin sa kanila”**
**NJB** **“walang sinuman ang may karapatang isuko ako sa kanila”**

Ang termino *charizomai* sa karaniwan ay nangangahulugang “makalugod” o “ipagkaloob bilang isang kagandahang-loob.” Naisipin ni Pablo na si Festo ay sinusubukang magpakilala sa Hudyong pamunuan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng kanyang sarili!

Subalit, ito ay maaari na si Festo ay sinusubukang sumunod sa kautusan mula kay Julius Cesar (cf. Josephus, *Antiq*. 14.10.2), na naghihimok sa mga Romanong pinuno sa Palestina na ipahintulot ang kahilingan ng Punong Saserdote.

▣ **“Maghahabol ako kay Cesar”** Ito ay ang legal na karapatan ng bawat Romanong mamamayan sa mga kaso ng parusang kamatan (Pliny the Younger, Letters 10.96).  Sa puntong ito ng kasaysayan, si Nero ay ang Cesar (A.D. 54-68).

**25:12 “kanyang lupon”** Ito ay tumutukoy sa mga Romanong legal na dalubhasa ni Festo, hindi ang Hudyong mga pinuno.

## MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL SA MGA GAWA 25:13-26:32

## KALIGIRAN

A. Herodes Agripa II (Marcos Julio Agripa)
   1. Siya ay ang anak ng Herodes Agripa I (cf. Mga Gawa 12), na siyang pampulitikang pinuno ng Judea at na pinamahalaan ang Templo at Pagkaseserdote(A.D. 41-44) at apo ng Herodes ang Dakila.
   2. Siya ay nag-aral sa Roma at kakampi ng Roma.  Siya ay bumalik sa Roma pagkatapos ng Hudyong digmaan noong A.D. 70 at namatay noong A.D. 100.
   3. Noong siya ay 17, ang kanyang ama ay namatay, ngunit siya ay napakabata pa upang iluklok sa kanyang kaharian.
   4. Noong A.D. 50, si Herodes Chalcis, tito ni Agripa II, ang Hari ng Chalcis (isang maliit na kaharian sa Hilagang Palestina), ay namatay at ibinigay kay Agripa II ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng Emperador Claudio. Gayundin, siya ay binigyan ng pamamahala sa Templo at sa Punong Saserdote.
   5. Noong A.D. 53 ipinagpalit niya ito sa maliit na kaharian para kay tetrarko ni Herodes Felipe (Ituraea at Trachonitis) at Lysanio (Abileno).
   6. Sa huli, idinagdag ni Emperador Nero ang mga tiyak na lungsod at mga nayon na nakapaligid sa Dagat ng Galilea sa kanyang pamamahala.  Ang kanyang kabisera ay  Cesarea Philippi, na kaniyang pinangalanang Neronias.
   7. Para sa pagkasaysayang sangunian cf:
      a. Josephus, *Jewish Wars* 2.12.1,7-8; 15.1; 16.4; 7.5.1
      b. Josephus, *Antiquities of the Jews* 19.9.2; 20.5.2; 6.5; 7.1; 8.4; 9.6.

B. Bernice
   1. Siya ang pinakamatandang anak na babae ni Herodes Agripa I.
   2. Siya ang kapatid na babae ni Agripa II, at sa isang yugto ng panahon, siya ay kanyang kalaguyo.  Pagkatapos ay isang kerida ni Tito habang siya ay isang heneral.
   3. Siya rin ang ikatlong asawa ni Felix, kapatid ni Drusilla.
   4. Siya ay nagpakasal kay Herodes Chalcis (kapatid ni Herodes Agripa I, kanyang tiyuhin), ngunit nang mamatay, siya ay lumipas sa kanyang kapatid na lalaki.
   5. Kinalaunan ay nagpakasal siya kay Polemon, Hari ng Cilicia, ngunit iniwan siya upang bumalik sa kaniyang

kapatid na nabigyan ng titulong “Hari.”

6. Siya ay ang kerida ng Emperador Vespasian.
7. Mga pangkasaysayang Sanggunian
    a. *Jewish Wars* ni Josephus 2:11:6; 15:1; 17:1.
    b. *Antiquities of the Jews* ni Josephus 19:9:1; 15:1; 20:1:3
    c. *History* ni Tactius 2:2
    d. *Life of Titus* ni Seutonius 7
    e. *Histories* ni Dio Cassius 65:15; 66:18
    f. *Satire* ni Juvenal 61:156-157

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:13-22

**13Nang makaraan nga ang ilang mga araw, si Agripa na hari at si Bernice ay nangagsidating sa Cesarea, at nagsibati kay Festo. 14At nang sila'y magsitira roong maraming araw, ay isinaysay ni Festo sa hari ang usapin ni Pablo, na sinasabi, May isang taong bilanggo na iniwan ni Felix: 15Tungkol sa kaniya nang ako'y nasa Herusalem, ang mga pangulong saserdote at ang mga matanda sa mga Hudyo ay nangagbigay-alam sa akin, na hinihinging ako'y humatol laban sa kaniya. 16Sa kanila'y aking isinagot, na hindi kaugalian ng mga taga Roma na ibigay ang sinomang tao, hanggang hindi nahaharap ang isinasakdal sa mga nagsisipagsakdal, at siya'y magkaroon ng pagkakataong makagawa ng kaniyang pagsasanggalang tungkol sa sakdal laban sa kaniya. 17Nang sila nga'y mangagkatipon dito, ay hindi ako nagpaliban, kundi nang sumunod na araw ay lumuklok ako sa hukuman, at ipinaharap ko ang tao. 18Tungkol sa kaniya, nang magsitindig ang mga nagsisipagsakdal, ay walang anomang sakdal na masamang bagay na maiharap sila na gaya ng aking sinapantaha; 19Kundi may ilang mga suliranin laban sa kaniya tungkol sa kanilang sariling relihion, at sa isang Hesus, na namatay, na pinatutunayan ni Pablo na ito'y buhay. 20At ako, palibhasa'y naguguluhan tungkol sa kung paano kayang mapagsisiyasat ang mga bagay na ito, ay itinanong ko kung ibig niyang pumaroon sa Herusalem at doon siya hatulan tungkol sa mga bagay na ito. 21Datapuwa't nang makapaghabol na si Pablo na siya'y ingatan upang hatulan ng emperador, ay ipinagutos kong ingatan siya hanggang sa siya'y maipadala ko kay Cesar. 22At sinabi ni Agripa kay Festo, Ibig ko rin sanang mapakinggan ang tao. Bukas, sinasabi niya, siya'y mapapakinggan mo.**

**25:13 “Haring Agripa”** Ito ay tumutukoy kay Agripa II. Siya ay ang kapatid nina Drusilla at Bernice. Siya ay nag-aral sa Roma at napakamatapat sa mga patakaran at mga palatuntunan ng Roma.

### NATATANGING PAKSA: BERNICE

1. Siya ang pinakamatandang anak na babae ni Herodes Agripa I.
2. Siya ang kapatid na babae ni Agripa II, at sa isang yugto ng panahon, siya ay kanyang kalaguyo. Pagkatapos ay isang kerida ni Tito habang siya ay isang heneral.
3. Siya rin ang ikatlong asawa ni Felix, kapatid ni Drusilla.
4. Siya ay nagpakasal kay Herodes Chalcis (kapatid ni Herodes Agripa I, kanyang tiyuhin), ngunit nang mamatay, siya ay lumipas sa kanyang kapatid na lalaki.
5. Kinalaunan ay nagpakasal siya kay Polemon, Hari ng Cilicia, ngunit iniwan siya upang bumalik sa kaniyang kapatid na nabigyan ng titulong “Hari.”
6. Siya ay kerida nina Vespasian at Tito.
7. Para sa mga pangkasaysayang sanggunian
    a. *Jewish Wars* ni Josephus 2:11:6; 15:1; 17:1.
    b. *Antiquities of the Jews* ni Josephus 19:9:1; 15:1; 20:1:3
    c. *History* ni Tactius 2:2
    d. *Life of Titus* ni Seutonius 7
    e. *Histories* ni Dio Cassius 65:15; 66:18
    f. *Satire* ni Juvenal 61:156-157

**25:13-19** Ito muli ay naghahayag ng isa sa mga pampanitikan at teolohikong layunin ni Lucas, na ipakita na ang Kristiyanismo ay hindi isang pampulitikang banta sa Roma (cf. v. 25). Sa mga unag dekada ng unang siglong Kristiyanismo ay ipinagpapalagay na isang sekta ng Judaismo, na kinikilala ng Roma bilang isang legal relihiyon. Ninanais ng Roma na hindi maging bahagi ng mga pagtatalo sa pagitan ng mga Hudyong pang-relihiyong sekta!

**25:18 “walang anomang sakdal na masamang bagay na maiharap sila na gaya ng aking sinapantaha”** Ito ay nagpapakita ang katindihan at kalikasan ng ang Hudyong pagsalungat. Ito ay hindi pampulitika, ngunit pang-relihiyon.

▣

**NASB,**
**NRSV,**
**NJB, NIV** **"mga sakdal"**
**NKJV** **"anumang bagay"**
**TEV** **"masasamang krimen"**
**REB** **"mga habla"**
**NET Bible** **"mga masasamang gawi"**
**ASV** **"masasamang bagay"**

Mayroong maraming mga kaibahan.

1. *ponērōn* – DYENITIBO MANGMARAMIHAN sa MSS ℵ[2], B, E, na nangangahulugang "mga bagay na masama" (cf. 28:21)
2. *ponērau* – AKUSATIBO NA WALANG KASARIANG PANG-ISAHAN sa MSS P[74], A, C[*]
3. *ponēra* – AKUSATIBO NA WALANG KASARIANG MANGMARAMIHAN sa MSS ℵ[*], C[2]
4. tinanggal – MSS L, P, at ilang mga talahuluganan (cf. NKJV)

Ang UBS[4] ay inilalagay ang opsyon #1 sa teksto na may isang "C" na antas (may kahirapan sa pagpapasiya).

Si Felix ay nagulat na ang mga habla ay hindi mabigat at may kinalaman sa Hudyong pang-relihiyong mga bagay, at hindi lega na mga bagay.

**25:19 "relihiyon"** Ito sa literal ay isang tambalan termino mula sa "pagkatakot" at "mga diyos." Ang terminong ito ay maaaring mangahulugang "pamahiin," na tiyak sa kung ano ang iniisip ng mga Romanong pinuno patungkol sa Hudyong relihiyon. Subalit, hindi ninais ni Festo na hamaking ang kanyang Hudyong mga pinuno, kaya gumamit siya ng may isang kalabuan termino (gayundin, si Pablo, 17:22).

Ang mga talatang 18-19 ay nagpapakita muli na ang Romanong hukuman ay walang matatagpuang kasalanan kay Pablo o Kristiyanismo.

▣ **"sa isang Hesus, na namatay, na pinatutunayan ni Pablo na ito'y buhay"** Ang muling pagkabuhay ay isa mga pangunahing haligi ng mga pangangaral (*kerygma*, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14) sa Mga Gawa (cf. 26:8). Kristiyanismo ay tumitindig o mabubuwal sa teolohikong pagbibigay-diin na ito (cf. I Corinto 15).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 25:23-27

**23Kaya't nang kinabukasan, nang dumating si Agripa, at si Bernice, na may malaking karilagan, at nang mangakapasok na sila sa hukuman na kasama ang mga pangulong kapitan at ang mga maginoo sa bayan, sa utos ni Festo ay ipinasok si Pablo. 24At sinabi ni Festo, Haring Agripa, at lahat ng mga lalaking nangariritong kasama namin, nakikita ninyo ang taong ito, na tungkol sa kaniya'y nagsasakdal sa akin sa Herusalem at dito naman ang buong karamihan ng mga Hudyo, na nangagsisigawang hindi marapat na siya'y mabuhay pa. 25Datapuwa't aking nasumpungang siya'y walang anomang ginawang marapat sa kamatayan: at sapagka't siya rin ay naghabol sa emperador ay ipinasiya kong siya'y ipadala. 26Tungkol sa kaniya'y wala akong alam na tiyak na bagay na maisusulat sa aking panginoon. Kaya dinala ko siya sa harapan ninyo, at lalong-lalo na sa harapan mo, haring Agripa, upang, pagkatapos ng pagsisiyasat, ay magkaroon ng sukat na maisulat. 27Sapagka't inaakala kong di katuwiran, na sa pagpapadala ng isang bilanggo, ay hindi magpahiwatig naman ng mga sakdal laban sa kaniya.**

**25:23** Anong isang napakagandang pagkakataon upang ipangaral ang ebanghelyo!

▣ **"mga pangulong kapitan"** Ito ay ang terminong *chiliarch*, na nangangahulugang mga pinuno ng isang libo, gaya ng senturion na nangangahulugang pinuno ng isang daan. Matututunan natin mula kay Josephus' *Antiq.* 19.19.2, na mayroong limang pantulong na mga pangkat sa Cesarea sa yugtong ito. Samakatuwid, maaaring limang pang-militar na tao ang tinutukoy dito.

▣ **"ng mga maginoo sa bayan"** Ito ay maaaring tumutukoy sa mga pang-sibil na pinuno ng Cesarea.

Pansinin ang mga pangkat sa kapulungan.

1. isang Romanong procurator
2. isang Idumeanong pang-rehiyong hari
3. Romanong pang-militar na mga pinuno
4. kilalang sibil na pinuno ng Cesarea

▣ **25:26 "ang Emperador"** Ang terminong ito ay *sebastos*, na ang Griyegong katumbas ng Latin terminong *augustus*. Ang kanyang pinagmulang salita ay "gumalang," "pakamahalin," "magpitagan," o "sambahin." Ito ay unang ginamit kay Octavian noong 27 B.C. sa pamamagitan ng Senado. Dito, ito ay ginamit ni Nero (A.D. 54-68). Si Nero ay tila pinalawak ang pagsamba worship sa kultong Emperador.

**25:26 "wala akong alam na tiyak na bagay na maisusulat"** Si Festo ay may katulad na suliranin gaya kay Lysias, ang kapitan mula sa Herusalem. Siya ay itinakda ng Romanong kautusan na sumulat ng isang sakdal laban kay Pablo sa kahit-anong katibayan o panghukumang palagay. Si Pablo ay isang hiwaga sa mga Romanong pinunong ito.

▣ **"panginoon"** Ito ay ang Griyegong salitang *kurios*, na nangangahulugang may-ari, amo, pinuno. Ito ay ang unang naitalang paggamit ng *kurios* bilang nagkapag-iisang titulo para kay Nero. Ang titulong ito ay tinanggi ng Emperador Octavian/Augusto at Tiberias dahil naramdaman nila na ito ito ay lubhang malapit sa Lating *rex* (hari), na nagdudulot ng pagkabalisa sa Romanong mga tao at Senado. Subalit, ito ay madala na makikita sa panahon ng at pagkatapos panunungkula ni Nero. Sina Vespasian at Tito ay ginamit ang terminong "tagapaglistas" at Domitian ay ginamit ang "diyos" upang ilarawan ang kanilang mga sarili (cf. James S. Jeffers, *The Greco-Roman World* p. 101). Ang terminong *kurios* ay naging pagtuon ng ang pag-uusig laban sa mga Kristiyano, na maaari lamang gumatmit ng terminong ito para kay Hesukristo. Itinanggi ni lang angpaggamit nito sa pag-aalay ng insenso at pangako ng pagkampi sa Roma.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit kinatatakutan at kinapopootan ng mga Hudyong Pinuno si Pablo?
2. Paano inilalarawan ng kabanatang ito ang isa sa mga layunin ni Lucas sa pagsulat ng Mga Gawa?
3. Ano ang layunin ni Pablo sa pagtatanggol ng kanyang sarili sa harapan nina Agripa at Bernice?

# MGA GAWA 26

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ipinatanggol ni Pablo ang kanyang Sarili kay Agripa | Ang Naunang Buhay ni Pablo | Ipinatanggol ni Pablo ang kanyang Sarili kay Agripa (25:13-26:32) | Ipinatanggol ni Pablo ang kanyang Sarili kay Agripa | Si Pablo ay humarap kay Haring Agripa 25:13-26:1 |
| 26:1-11 | 26:1-11 | 26:1 | 26:1 | Ang Pahayag ni Pablo kay Haring Agripa |
| | | 26:2-3 | 26:2-3 | 26:2-3 |
| | | 26:4-8 | 26:4-8 | 26:4-8 |
| | | 26:9-11 | 26:9-11 | 26:9-11 |
| Ang pagsasalaysay ni Pablo ng Kanyang Kaligtasan | Ang pagsasalaysay ni Pablo ng Kanyang Kaligtasan | | Ang pagsasalaysay ni Pablo ng Kanyang Kaligtasan | |
| 26:12-18 | 26:12-18 | 26:12-18 | 26:12-18 | 26:12-18 |
| Ang Patotoo ni Pablo sa mga Hudyo at mga Hentil | Buhay ni Pablo pagkatapos Maligtas | | Isinalaysay ni Pablo ang Kanyang Gawain | |
| 26:19-23 | 26:19-23 | 26:19-23 | 26:19-23 | 26:19-23 |
| Ang Pagsamo ni Pablo kay Agripa na Manampalataya | | | | Ang Reaksyon ng Kanyang mga Tagapakinig |
| 26:24-29 | 26:24-32 | 26:24-29 | 26:24 | 26:24-29 |
| | | | 26:25-27 | |
| | | | 26:28 | |
| | | | 26:29 | |
| 26:30-32 | | 26:30-32 | 26:30-32 | 26:30-32 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:1**

**[1]At sinabi ni Agripa kay Pablo, Ipinahihintulot sa iyong magsaysay ka sa ganang iyo. Nang magkagayo'y iniunat ni Pablo ang kaniyang kamay, at ginawa ang kaniyang pagsasanggalang:**

**26:1 "iniunat ang kaniyang kamay"** Ito ay isang kumpas ng pagbati at patalumpating panimula (cf. Mga Gawa 12:17; 13:16 at 21:40, kung saan ang kumpas ng kamay ay ginamit pagkuha ng attention at katahimikan).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:2-3**

**[2]Ikinaliligaya kong lubha, haring Agripa, na sa harapan mo'y gawin ko ang aking pagsasanggalang sa araw na ito tungkol sa lahat ng mga bagay na isinasakdal ng mga Hudyo laban sa akin. [3]Lalong-lalo na sapagka't bihasa ka sa lahat ng mga kaugalian at mga suliranin na mayroon ang mga Hudyo: kaya nga ipinamamanhik ko sa iyo na pagdalitaan mong dinggin ako.**

**26:2-3** Nagsimula si Pablo ng kanyang pagtatanggol sa isang karaniwang pormal at nakakapagbigay-puring paraan, gaya ng kanyang ginawa sa kanyang pagdinig kay Felix (cf. 24:10), na maaaring isang pangkulturang inaasahang pangangailangan.

**26:2 "sa harapan mo'y gawin ko ang aking pagsasanggalang sa araw na ito ng mga Hudyo"** Si Aripa II ay itinalagang mamuno sa Templo at pagka-Saserdote ng Roma. Bagaman kakampi ng Roma at nakapag-aral sa Roma, naunawaan niya ang kasalimuutan ng Hudyong pananampalataya (cf. v. 3).

▣ **"Ikinaliligaya"** Ito ay ang katulad na termino na nagpapakilala ng bawat mga Maliligaya sa Mateo 5:3-12; Lucas 6:20-22; at Mga Awit 1:1 ng Septuagint.

**26:3**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"lahat ng mga kaugalian at mga suliranin"** |
| **NRSV** | **"lahat ng mga kaugalian at mga pagtatalo"** |
| **TEV** | **"lahat ng mga pang-Hudyong kaugalian at paglalaban"** |
| **NJB** | **"mga kaugalian at pagtatalo"** |

Ang unang termino ay *ethōn*, kung saan makukuha natin ang Ingles na salitang "etniko," o ang pangkulturang aspeto ng isang partikular na pangkat ng tao. Ang pangalawang terminong *dzētēmatōn* ay ginamit kadalasang sa Mga Gawa upang ipakilala ang mga pagtatalo at mga pangangatuwiran sa mga aspeto ng rabinikal na Judaismo (cf. 15:2; 18:15; 23:19; 25:19; 26:3). Ang mga ito ay hindi di-karaniwan dahil sa pagkakaroon ng maraming mga pangkat sa loob ng unang siglong Judaismo: mga Sadduceo, mga Fariseo (gayundin ang teolohikong mga pangkat ng Shammai at Hillel), at ang mga panatiko.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:4-8**

**[4]Ang akin ngang pamumuhay mula sa aking pagkabata, na nang una'y inugali ko sa gitna ng aking bansa at sa Herusalem, ay nalalaman ng lahat ng mga Hudyo; [5]Na napagtatalastas nila mula pa nang una, kung ibig nilang magsisaksi, na alinsunod sa lalong mahigpit na sekta ng aming relihion ay nabuhay akong isang Fariseo. [6]At ngayo'y nakatayo ako upang hatulan dahil sa pagasa sa pangakong ginawa ng Diyos sa aming mga magulang; [7]Dahil sa pangakong ito'y ang aming labingdalawang angkan ay buong pusong nagsisipaglingkod sa Diyos gabi't araw, na inaasahang kakamtin. At tungkol sa pagasang ito ako'y isinasakdal ng mga Hudyo, Oh hari! [8]Bakit inaakala ninyong ito'y hindi mapaniniwalaan, kung binubuhay ng Diyos ang mga patay?**

**26:4 "Ang akin ngang pamumuhay mula sa aking pagkabata ay nalalaman ng lahat ng mga Hudyo"** Pinaulit-ulit ito ni Pablo nang maraming beses (cf. Mga Gawa 22:3-5; 23:1; 24:16; 25:8). Si Pablo ay nabuhay ng isang papuri-uring pamumuhay kasama ng mga Hudyo sa Herusalem (cf. v. 5).

▣ **"sa gitna ng aking bansa"** Ito ay di-tiyak kung saan lumaki si Pablo. Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) Tarso sa Cilicia o (2) Herusalem.

**26:5 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Sa kontekstong ito, nalalaman ni Pablo na sila ay maaaring magpatotoo patungkol sakanyang nakalipas, ngunit hindi nila ginawa.

▣ **"mahigpit na sekta ng aming relihion ay nabuhay akong isang Fariseo"** Ito ay isang teolohikong sekta ng Judaismo na

lumitaw sa panahon ng Yugto ng Macabeo. Ito ay tapat sa pasalita at isinulat na tradisyon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:34.

**26:6 "sa pagasa sa pangakong ginawa ng Diyos sa aming mga magulang"** Ito ay tumutukoy sa OT propesiya ng (1) ang darating na Mesias o (2) ang muling pagkabuhay ng mga patay (cf. 23:6; 24:15; Job 14:14-15; 19:25-27; Daniel 12:2). Nakita ni Pablo "ang Daan" bilang ang katuparan ng OT (cf. Mateo 5:17-19; Galacia 3).

Para sa "pag-asa" tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:25 at ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* sa 2:14.

**26:7 "aming labingdalawang angkan"** Ang pang-tribong linya (anak ni Jacob) ay napakahalaga pa rin sa mga Hudyo. Marami sa sampung hilagang mga angkan di kailanman bumalik mula sa pagpapatapon sa Assyria (722 B.C.). Nalalaman natin ang ilang pang-tribong impormasyon mula sa NT.

1. Maria, Jose, at Hesus ay mula sa angkan ng Judah (cf. Mateo 1:2-16; Lucas 3:23-33; Pahayag 5:5)
2. ang angkan ni Anna ay nakilala kay Asher (cf. Lucas 2:36)
3. ang angkang ni Pablo ay nakilala kay Benjamin (cf. Roma. 11:1; Filipos 3:5)

Si Herodes ang Dakila ay nanibugho dito at ipinasunog ang lahat ng mga tala sa Templo, na nagpapakita ng salinlahi. Para sa "labindalawa" tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:22.

▣ **"pagasa"** Nagtataka ang ilan kung anong tiyak na tinutukoy ni Pablo na pag-asa. Mula sa mas malaking konteksto ang isa ay magpapalagay na muling pagkabuhay (cf. v. 8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pag-asa sa 2:25.

▣ **"buong pusong nagsisipaglingkod sa Diyos gabi't araw"** Inibig ni Pablo ang kanyang lahi (cf. Roma. 9:1-3). Nalalaman niya kung gaano kahirap nila pinaglingkuran si YHWH. Tanging nalalaman niya rin ang panganib ng legalismo, dogmatismo, at elitismo.

"Gabi at araw" ay isang wikain ng katindihan at kapanayan (cf. 20:31; Lucas 2:37).

**26:8 "Bakit inaakala ninyong ito'y hindi mapaniniwalaan"** Si Pablo ay nagsasalita sa dalawa mga pangkat:

1. si Agripa at ibang mga Hudyong nandoon
2. ang mga Hentil na nandoon, tulad ni Festo

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP na ipinagpapalagay na totoo na mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

▣ **"binubuhay ng Diyos ang mga patay"** Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pang-Hudyong pag-asa ng isang pangkalahatang muling pagkabuhay (see Job 14:14-15; 19:25-27; Isaias 25:8; 26:19; Daniel 12:2-3), ngunit si Pablo ay may tiyak na muling pagkabuhay kay Kristo sa kanyang isipan (cf. I Corinto 15:1-28). Ang mga nag-sasakdal na Saduceo ay maaaring nagsisimula nang lubhang kabahan sa puntong ito (cf. 23:1-10).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:9-11

**[9]Tunay na ako ma'y nagisip na dapat akong gumawa ng maraming mga bagay laban sa pangalan ni Hesus na taga Nazaret. [10]At ginawa ko rin ito sa Herusalem: at kinulong ko sa mga bilangguan ang marami sa mga banal, pagkatanggap ko ng kapamahalaan sa mga pangulong saserdote, at nang sila'y ipinapapatay, ay ibinibigay ko ang aking pagsangayon laban sa kanila. [11]At madalas sa pagpaparusa ko sa kanila sa lahat ng mga sinagoga, ay pinipilit ko silang magsipamusong; at sa totoong pagkagalit ko sa kanila, ay sila'y pinaguusig ko hanggang sa mga bayan ng ibang lupain.**

**26:9** Inaamin ni Pablo (*egō*, "ako" at *emautō*, "sarili") ang kanyang ligawa na pang-relihiyong kasigasigan, na kaniya ngayon naunawaan na hindi kalooban ng Diyos (cf. I Timoteo 1:13). Inisip niya na sa pamamagitan ng pagpapahirap ng mga tagasunod ni Hesus, siya ay naglilingkod sa Diyos at naging kalugodlugod sa Diyos. Ang mundo at pananaw sa mundo ni Pablo ay lubusang nabago sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9).

▣ **"sa pangalan"** Ang Semitikong wikain na ito ay nangangahulugang "ang persona ng" (cf. 3:6,16). Ito ay hindi pormula ngahika, ngunit isang personal na pakikipag-ugnayan!

▣ **"Hesus na taga Nazaret"** Tingnan ang Natatanging mga Paksa at 2:22.

**26:10 "ang mga banal"** Sa literal ito ay "ang mga banal." Nalalamang tiyak na ngayon ni Pablo kung sino ang kanyang inusig at pinatay, ang mga tao ng Diyos! Anong pagkagulat, pighati, at kaliwanagan ang nangyari sa pangitain ni Pablo sa Damasco, isang lubusang muling pag-aangkop ng pag-iisip at buhay!

Para sa "mga banal" tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:13.

▣ **“pagkatanggap ko ng kapamahalaan”** Si Pablo ay ang “pampamunuang” tagapag-usig para sa Sanhedrin.

▣ **“ang sila'y ipinapapatay”** Ito ay nagpapakita ng katindihan ng pag-uusig. Ang “Daan” ay hindi isang maliit na isyu; ito ay isangbuhay-at-kamatayan isyu at nagpapatuloy ito!

▣ **“binibigay ko ang aking pagsangayon laban sa kanila”** Ito ay ang teknikal na salita sa Griyego para sa isang pampamunuang pagpili ng kahit sino sa Sanhedrin o isang lokal na sinagoga. Ngunit dahil walang lokal na sinagoga ay maaaring/pumili sa mga isyu ng kamatayan, ito ay maaaring ang Sanhedrin. Kung ito ay ang Sanhedrin, pagkatapos na si Pablo ay nag-asawa. Ang termino sa orihinal ay nangahulugang “isang maliit na bato,” na ginamit upang paghagis ng isang boto—alinman sa isang itim o isang puti (cf. Pahayag 2:17)

**26:11 “pinipilit ko”** Ito ay isang DI-GANAP PANAHUNAN ng isang Griyegong termino na nangangahulugang pwersahin o pilitin (cf. 28:19), ngunit dito ito ay ginamit sa kaunawaan ng pagsubok. Ito ay tumutukoy sa isang paulit-ulit na pagkilos sa nakalipas na panahon.

▣ **“magsipamuson”** Sinubukan ni Saulo na pilitin silang manindignan sa madla sa kanilang pananampalataya kay Hesus bilang ang Mesias at pagkatapos ay parusahan sila. Sa huling mga pag-uusig, ang mga mananampalataya ay pinnilit na itanggi ang pananampalataya kay Kristo, ngunit ang kontekstong ito ay isang naiibang pangkulturang kalagayan.

▣
**NASB** **“sa totoong pagkagalit ko”**
**NKJV** **“sa lubhang pagkagalit ko”**
**NRSV** **“Ako ay lubhang nagngangalit”`**
**TEV** **“Ako ay galit na galit”**
**NJB** **“ang aking galit laban sa kanila ay sukdulan”**

Ito ay isang napakatinding PANG-ABAY (“mas higit”) at KATAGA (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent]). Ginagamit ni Festo ang katulad na ugat para kay Pablo (i.e., nagsisissigaw 26:24)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:12-18

**[12]Hinggil dito sa paglalakbay kong patungo sa Damasco na taglay ang kapamahalaan at bilin ng mga pangulong saserdote, [13]Nang katanghalian, Oh hari, ay nakita ko sa daan ang isang ilaw na mula sa langit, na lalong maningning kay sa araw, at lumiwanag sa palibot ko at sa mga nagsisipaglakbay na kasama ko. [14]At nang mangapasubasob sa lupa kaming lahat, ay narinig ko ang isang tinig na nagsasalita sa akin sa wikang Hebreo, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig? mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis. [15]At sinabi ko, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi ng Panginoon, Ako'y si Hesus na iyong pinaguusig. [16]Datapuwa't magbangon ka, at ikaw ay tumindig sa iyong mga paa: sapagka't dahil dito'y napakita ako sa iyo, upang ihalal kitang ministro at saksi din naman ng mga bagay na nakita mo sa akin, at ng mga bagay na pagpapakitaan ko sa iyo; [17]Na ililigtas kita sa bayan, at sa mga Gentil, na sa kanila'y sinusugo kita, [18]Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Diyos, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin.**

**26:12** Tinala ni Lucas ang personal na patoto ni Pablo nang tatlong beses sa Mga Gawa, 9:1-31; 22:3-21, at dito. Ang kahabagan at pagpili ng Diyos kay Saulo ay lubhang maliwanag. Kung ang Diyos kay Kristo ay maaaring patawarin at gamitin ang taong ito, Siya ay maaaring magpatawag at gamitin ang sinuman!

**26:13** Tingnan ang buong tala sa 9:3.

Ang katotohanan na mayroong kaibahan sa mga detalye sa lahat ng ttatlong mga lugar kung saan ibinahagi ni Pablo kanyang pagbabagong-loob ay nagpapahayag ng kawastuhan ng pagtatala ni Lucas sa mga legal na pagtatanggol ni Pablo (at, sumakatuwid, gayundin ang mga pangangaral) sa Mga Gawa!

**26:14** Tingnan ang buong tala sa 9:4.

Frank Stagg, *New Testament Theology*, ay mayroong isang napakabuting talata sa mahalagang kaugnayan sa pagitan ni Hesus at Kanyang iglesiya.

> “Ang pinakamahalagang katotohanan patungkol sa kahatulan ay hahatulan tayo na ating kaugnayan kay Kristo. Sa kabilang banda, ito ay isang kahatulan na may kaugnayan sa kanyang mga tao. Ang tunay nating pakikipag-ugnayan sa kanya ay ay nagpapakilala sa ating pakikipag-ugnayan sa kanyang mga tao. Ang paglingkuran sila ay ang paglingkuran Siya at ang tanggihan sila ay tanggihan siya (Mateo 25:31-46). Hindi kailanman pinahihintulutan ng Bagong Tipan

ang isa na makipaghiwalay kanyang pakikipag-ugnayan kay Kristo mula sa ibang mga tao. Ang pag-usig sa kanila ay pag-usig sa kaniya (Mga Gawa 9:1-2,4-5; 22:4,7-8; 26:10- 11,14-15). Ang magkasala laban sa mga kapatid ay magkasala laban kayKristo (1 Corinto 8:12). Bagaman tayo ay hindi naligtas sa pamamagitan ng ating mga gawa, we ay hahatulan sa pamamagitan nila; upang maipakita nila ang tunay na pakikipag-ugnayan kay Kristo at kanyang biyaya. Ang kahatulan ay kahabagan sa kanila sa kanila na tumatanggap ng hatol, at ang kahatulan ay kahabagan sa kanila na mahabagin (Mateo 5:7)" (p. 333).

▣ **"wikang Hebreo"** Sa tatlong personal na patotoo ni Pablo sa Mga Gawa, ito lamang ang isa na may detalye ni Hesus na nagsasalita sa Aramaiko ay nabanggit. Tingnan ang buong tala sa 22:2.

▣ **"Saulo, Saulo"** Ang hulidng kalahating bahagi ng v. 14 at ang huling bahagi ng v. 15, gayundin naman sa vv. 16-18, ay isang sipi mula kay Hesus para kay Pablo sa daan sa Damasco.

▣ **"mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis"** Ang pariralang ito ay natatanggi sa kontekstong ito, maaaring dahil ito ay isang Griyego/Latin na kawikaan, hindi pang-Hudyo. Palagiang inaalam ni Pablo kung sino ang mga tagapakinig na kanyang kinakausap at paaano makikipag-ugnayan sa kanila! Ito ay tumutukoy sa

1. isang matulis na patpat na ginamit sa mga gumagabay sa mga baka na humihili ng mga kariton at mga araro
2. ang mga tandang ito sa harapan ng kariton o karwahe ay upang panatilihin ang mga hayop mula sa pagsipa paatras

Ang kawikaang ito ay ginamit upang ipakahugan ang kawalang-saysay ng tao sa pagtanggi ng mga maka-diyos na pagsisimula.

**26:15** Tingnan ang buong tala sa 9:5.

▣ **"Hesus na iyong pinaguusig"** Ito ay nagpapakita ang malapait na ugnayan sa pagitan ng Hesus at Kanyang iglesiya, (cf. Mateo 10:40; 25:40,45). Ang saktan sila ay saktan Siya!

**26:16 "Datapuwa't magbangon ka, at ikaw ay tumindig sa iyong mga paa"** Ito ay kapwa AORIST NA TAHAS MGA PAUTOS. Ito ay tila lubhang kilala na pang-propesiyang panawagan sa Jeremias 1:7-8 at Ezekiel 2:1,3.

▣ **"sapagka't dahil dito'y napakita ako sa iyo"** Ang ay may tiyak na pagtatalaga para kay Pablo. Ang pagbabagong-loob at panawagan ni Pablo ay <u>hindi</u> karaniwan, ngunit katangi-tangi! Ang kahabagan ng Diyos ay makapangyarihan sa pagpapakilala gayundin naman ang pagpili ng Diyos para sa Kahariang paglilingkod at kahariang paglago.

▣ **"napakita ako sa iyo. . . pagpapakitaan ko sa iyo"** Ang mga ito ay kapwa mga anyo ng *horaō*. Ang una ay AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG at ang pangalawa ay PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sa isang kaunawaan, ipinangako ni Hesus kay Pablo ang mga personal na pagtatagpo sa hinaharap. Si Pablo ay mayroong maraming maka-diyos na pangitain sa panahon ng kanyang ministeryo (cf. 18:9-10; 22:17-21; 23:11; 27:23-24). Binanggit din ni Pablo ang isang yugto ng pagsasanay sa Arabia kung saan siya ay tinuruan ni Hesus (cf. Galacia 1:12,17,18).

▣ **"upang ihalal"** Ito sa literal ay "kunin sa kamay." Ito ay isang wikain ng tadhana (cf. 22:14; 26:16).

▣ **"isang ministro at saksi"** Ang unang termino sa literal ay tinutukoy ang isang "manggagaod sa ilalim" ng isang barko. Ito ay ginamit na pangwikain para sa isang lingkod.

Mula sa pangalawang termino, *martus*, ay makukuha nating ang Ingles na terminong "martir." Ito ay may dalawahang kahulugan:

1. isang saksi (cf. Lucas 11:48; 24:48; Mga Gawa 1:8,22; 5:32; 10:39,41; 22:15)
2. isang martir (cf. Mga Gawa 22:20)

Kapwa mga kahulugan ay personal na karanasan ng karamihan sa mga Apostol at marami, maraming mga mananampalataya sa lahat ng dako sa lahat ng panahon!

**26:17 "ililigtas kita"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG KATAGA. Sa PANGGITNANG TINIG ang salitang ito ay kadalasang nangangahulugang piliin o hirangin. Kadalasan, ito ay isinasalin na "iligtas o palayain" (cf. 7:10,34; 12:11; 23:27). Ang niloob na pagkalinga ng Diyos ay maliwanag dito. Tinanggap ni Pablo ang maraming mga pangitaing ito sa panahon ng kanyang ministeryo upang palakasin siya. Ito ay maaaring pagkabanggit sa pagbasa sa Septuagint ng Isaias 48:10 o maaaring Jeremias 1:7-8,19.

▣ **"mula sa *Hudyong* bayan, at sa mga Gentil"** Si Pablo ay makakaranas ng pagtutuol mula sa kapwa mga pangkat (cf. II Corinto 11:23-27).

▣ **"sa kanila'y sinusugo kita"** Ang "ako" ay pagbibigay- (*egō*) dito gaya ng sa v. 15. Ang PANDIWA ay *apostellō*

(PANGKASALUKUYANG TAHAS MAY PAHIWATIG), kung saan makukuha natin ang terminong "Apostol." Gaya ng pagsugo ng Ama kay Hesus, gayundin ang pagsugo ni Hesus sa Kanyang mga saksi, mga apostol (cf. Juan 20:21).

**26:18 "Upang idilat. . . mangagbalik"** Ang mga ito ay kapwa AORIST NA MGA PAWATAS. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 42:7. Ang Mesias ang magbubukas ng mga mata ng bulag gaya na isang talinghaga para sa pagbubukas ng espiritwal na mga mata (cf. Juan 9). Ang kaalaman at pagkaunawa sa eanghelyo ay kailangang mauna sa panawagan ng isang kusang pagtugon (pagsisisi at pananampalataya). Sinusubukan ni Satanas na isara ang ating mga isipan at mga puso (cf. II Corinto 4:4) at ang Espiritu ay sinusubukang buksan sila (cf. Juan 6:44,65; 16:8-11).

▣ **"mula sa kadiliman. . . mula sa kapangyarihan ni Satanas"** Pansinin ang parallelismo. "Pamamahala" na ang Griyegong terminong *exousia*, ay kadalasang isinasaling awtoridad o kapangyarihan (cf. NKJV, NRSV, TEV). Ang mundo ay nasa ilalim ng impluwensiya ng personal na kasamaan (cf. Efeso 2:2; 4:14; 6:10-18; II Corinto 4:4; Colosas 1:12-13, tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:3).

Sa ang OT, partikular sa mga propesiya ni Isaias, ang Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31) ay magdudulot ng pagkakita sa bulag. Ito ay kapwa isang pisikal na hula at talinghaga din para sa katotohanan (cf. Isaias 29:18; 32:3; 35:5; 42:7,16).

## NATATANGING PAKSA: KAPANGYARIHAN O KAPAMAHALAAN (*EXOUSIA*)

Ito ay nakakawiling tingnan ang paggamit ni Lucas ng *exousia* (kapamahalaan, kapangyarihan, o legal na karapatan).

1. sa 4:6, si Satanas ay inaangkin ang kakayahang magbigay ng kapamahalaan kay Hesus.
2. sa 4:32,36, ang mga Hudyo ay namamangha kung paano magturo si Hesus gamit ang Kanyang pansariling kapamahalaan.
3. sa 9:1, Kanyang ibinigay ang Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan sa Kanyang mga Apostol.
4. sa 10:19, Ibinigay Niya ang Kanyang kapangyarihan sa pitumpung mga misyonero.
5. sa 20:2,8, ang pangunahing tanong ng kapamahalaan ni Hesus ay tinatanong.
6. sa 22:53, ang kasamaan ay may pinahintulot na kapangyarihan upang sumpain at patayin si Hesus.

Bagaman hindi sa Lucas, sa panimula sa Dakilang Komisyon ni Mateo, "lahat ng kapangyarihan ay pinagkaloob sa Akin sa langit at sa lupa," ay isang kamangha-manghang kapahayagan (Mateo 28:18).

Ang kasagutan ni Hesus sa kanilang tanong ay maaaring

1. Isinawikang mga salita ng Diyos at Kanyang
   a. bautismo (Lucas 3:21-22)
   b. pagpapalit-anyo (Lucas 9:35)
2. propesiyang natupad sa OT
   a. angkan ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. pamilya ni Jesse (cf. II Samuel7)
   c. ipinanganak sa Bethlehem (cf. Mikas 5:2)
   d. ipinanganak sa ika-apat na emperyo (Roma) ng Daniel 2
   e. tinulungan ang mahihirap, bulag, nangangailangan (Isaias)
3. ang Kanyang pagpapahayag ng masamang espiritu ay naghahayag ng Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan ay Satanas at kanyang kaharian.
4. ang Kanyang pagpapabuhay ng patay ay nagpapakita ng Kanyang kapangyarihan sa pisikal na buhay at kamatayan.
5. Ang lahat ng Kanyang mga himala ay nagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan sa pansamantala, sa kalawakan, at sa pisikal.
   a. kalikasan
   b. mga pagpapakain
   c. mga pagpapagaling
   d. mga pagbabasa ng isip
   e. paghuli ng isda

▣ **"sa ilaw. . .sa Diyos"** Pansinin ang parallelismo. Ang sinaunang mga tao ay kinakatakutang ang kadiliman. Ito ay naging isang talinghaga para sa kasamaan. Ang liwanag, sa kabilang banda, ay aging isang talinghaga para sa katotohanan, kagalingan, at kadalisayan. Isang mabuting kaagapay na talata sa liwanag ng ebanghelyo ay Juan 3:17-21.

▣ **"upang sila'y magsitanggap"** Ang MAKADIWA sa pariralang ito ay isa pang AORIST PAWATAS. Walang "maaari" sa Griyegong teksto (cf. TEV, NJB). Ang tanging kalagayan sa kontekstong ito ay "sa pamamagitan ng pananampalataya sa Akin" na sugnay, na inilagay sa hulihan ng Griyegong pangungusap para sa pagbibigay-diin. Ang lahat ng mga pagpapala ng Diyos ay nakasalalay sa isang pagtugong pananampalataya (i.e., receive, cf. Juan 1:12) sa Kanyang biyaya (cf. Efeso 2:8-9).

Ito ay ang katumbas sa NT ng may pasubaling mga kasunduan sa OT.

▣ **"kapatawaran ng mga kasalanan"** Madalas gamitin ni Lucas ang terminong ito (*aphesis*).

1. Sa Lucas 4:18 ito ay ginamit sa isang OT sipi mula sa Isaias 61:1, kung saan ito ay nangangahulugang pagpapalaya, na nagpapahayag ng LXX paggamit ng Exodo 18:2 at Levitico 16:26.
2. Sa Lucas 1:77; 3:3; 24:47; Mga Gawa 2:38; 5:31; 10:43; 13:38; 26:18, ito ay nangangahulugang "ang pagtanggal ng kasalanan," na nagpapahayag ng LXX na paggamit ng Deuteronomio 15:3, kung saan ito ay ginamit sa pagpapawalang-bisa ng isang utang.

Ang paggamit ni Lucas ay maaaring magpaliwanag ng Bagong Kasunduang pangako ng Jeremias 31:34.

▣ **"at ng mga mana"** Ito ay ang Griyegong termino *klēros*, na nangangahulugang ang pagpukol ng kapalaran (cf. Levitico 16:8; Jonas 1:7; Mga Gawa 1:26) na nagpapasiya ng mamanahin, gaya sa Genesis 48:6; Exodo 6:8; at Josue 13:7-8. Sa OT ang mga Levita ay walang lupang mamanahin, tanging ang 48 Levitikong mga lungsod (cf. Deuteronomio 10:9; 12:12), ngunit ang Panginoon mismo ay kanilang mamanahin (cf. Mga Bilang 18:20). Ngayon sa NT ang lahat ng mga mananampalataya ay mga saserdote (cf. I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Ang Panginoon (YHWH) ay ating mamanahin; tayo ay Kanyang mga anak (cf. Roma. 8:15-17).

▣ **"sa kasamahan ng mga pinapaging banal"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA KATAGA. Ang mga mananampalataya (mga ama) ay naging at nagpapatuloy na pinapaging-bahal sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. 20:21). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:32. Wala kay Satanas o sa Demonyo ang maaaring magtanggal nito (cf. Roma. 8:31-39).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:19-23

**[19]Dahil nga dito, Oh haring Agripa, hindi ako nagsuwail sa pangitain ng kalangitan: [20]Kundi nangaral akong unauna sa mga taga Damasco, at sa Herusalem din naman, at sa buong lupain ng Judea, at gayon din sa mga Gentil, na sila'y mangagsisi at mangagbalik-loob sa Diyos, na mangagsigawa ng mga gawang karapatdapat sa pagsisisi. [21]Dahil dito'y hinuli ako ng mga Hudyo sa templo, at pinagsisikapang ako'y patayin. [22]Nang aking tamuhin nga ang tulong na mula sa Diyos, ay nananatili ako hanggang sa araw na ito na nagpapatotoo sa maliliit at gayon din sa malalaki, na wala akong sinasabing anoman kundi ang sinabi ng mga propeta at ni Moises na mangyayari; [23]Kung paano na ang Kristo ay kailangang maghirap, at kung paano na siya muna sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay ay magtatanyag ng ilaw sa bayan, at gayon din sa mga Gentil.**

**26:19 "Dahil nga dito, Oh haring Agripa"** Tingnan ang tala sa 25:13, Panimula. Sinusubukan ni Pablo na abutin ang taong ito para sa ang ebanghelyo (cf. vv. 26-29).

▣ **"hindi ako nagsuwail"** Ang Griyegong termino *peithō* ay mula sa pangalan ng diyus-diyosan ng paghihikayat. Sa kontekstong ito, ito ay mayroong ALPHA PRIBATIBO, na sumasalungat dito, sumakatuwid nangangahulugang "pagsuway" (cf. Lucas 1:17; Roma. 1:30; II Timoteo 3:2; Tito 1:16; 3:3). Kaya, sa isang kaunawaan, ito ay isang malakas na paraan sa Koine Griyego upang manalungat, ngunit sa kontekstong ito, ito ay isang pampanitikang daan ng pagbibigay-diin sa pagsunod ni Pablo!

▣ **"pangitain ng kalangitan"** Ito ay tumutukoy sa pagtatagpo ni Pablo sa Daan sa Damasco kasama ang nabuhay, naluwalhating Kristo.

**26:20 "Damasco. . .Herusalem"** Tingnan ang Mga Gawa 9:19-25,27 para sa ministeryo ni Pablo sa Damasco; 9:26-30 para sa ministeryo ni Pablo sa Herusalem at maaaring 9:31 para sa ministeryo ni Pablo sa Judea.

▣ **"mangagsisi at mangagbalik-loob sa Diyos"** Ang mensahe ni Pablo (cf. Mga Gawa 20:21) ay gaya ng

1. kay Juan de Bautista (cf. Mateo 3:1-12; Marcos 1:4-8)
2. sinaunang mensahe ni Hesus (cf. Marcos. 1:15)
3. kay Pedro (cf. Mga Gawa 3:16,19)

Ang Griyegong termino na magsisisis ay nangangahulugan ng isang pagbabago ng isipan. Ang Hebreong salita ay nangangahulugan ng isang pagbabago ng pagkilos. Kapwa ay kinapapalooban ng tunay na pagsisisi. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:38. Ang dalawang kinakailangan ng Bagong Kasunduan (na tulad ng pangangailangan sa Lumang Kasunduan) para sa kaligtasan ay pagsisisi (pagtalikod sa sarili at kasalanan) at pananampalataya (pagpunta sa Diyos kay Kristo).

▣ **"mangagsigawa ng mga gawang karapatdapat sa pagsisisi"** Ang pamumuhay ng mananampalataya (PANGKASALUKUYANG TAHAS KATAGA) ay nagpapatunay ng kanyang panimulang pananampalataya cpangako (cf. Mateo 3:8; Lucas 3:8; Efeso 2:8-10, Santiago at I Juan). Ninanais ng Diyos isang bayan na inaaninag ang Kanyang katangian. Mga

mananampalataya ay tinawag sa pagiging katulad ni Kristo (cf. Roma. 8:28-29; Galacia 4:19; Efeso 1:4; 2:10). Ang ebanghelyo ay

1. isang persona na tatanggapin
2. katotohanan patungkol kay sa persona na paniniwalaan
3. isang buhay tulad ng buhay ng persona

**26:21** Ito ay hindi teolohikong mga pananaw ni Pablo, ngunit kanyang pangangaral at pagkakasama ng "mga Hentil" (cf. v. 20) na nagdulot ng kaguluhan sa Templo.

▣ **"pinagsisikapang ako'y patayin"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG (subukang ulit-ulitin) na may isang AORIST NA PANGGITNANG PAWATAS (pumatay). Ang mga Hudyo (cf. Mga Gawa 9:24) mula sa Asya (cf. 20:3,19; 21:27,30) ay tinangkang patayin si Pablo nang maraming beses.

**26:22 "agpapatotoo sa maliliit at gayon din sa malalaki"** Ito ay isang napapabilang na Semitikong wikain. Ito ay ang patunay ni Pablo (tulad ni Pedro, cf. 10:38) na siya, tulad ng Diyos, ay hindi nagsasaalang-alang ng tao (cf. Deuteronomio 10:17; II Cronica 19:7, tingnan ang buong tala sa 10:34). Siya ay nangangaral sa lahat ng mga tao.

▣ **"wala akong sinasabing anoman kundi ang sinabi ng mga propeta at ni Moises"** Binibigyang-diin ni Pablo na ang kanyang mensahe at tagapakinig (i.e., mga Hentil) ay hindi isang pagbabago, ngunit OT propesiya. Siya ay payak na sumusunod sa mga OT patnubay (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8), mga pangako at mga katotohanan.

**26:23** Pansinin na ang mensahi ni Pablo ay binubuo ng tatlong bahagi:

1. ang Mesias ay nagdusa para sa kapatawaran ng tao
2. ang ang muling pagkabuhay ng Mesias ay unang bunga ng lahat ng muling pagkabuhay ng mananampalataya
3. ang Mabuting Balitang ito ay para sa mga Hudyo at mga Hentil

Ang tatlong teolohikong aspeto ay kailangang isama sa talata 20 na nagpapakita kung paaano natin, sa ganang akin, tatanggapin si Kristo (pagsisisi, pagtalikod mula sa sarili at kasalanan; pananampalataya, pagbaling sa Diyos kay Kristo).

▣ **"Kung paano na ang Kristo ay kailangang maghirap"** Para sa mga teolohikong punto ng Apostolikong mga pangangaral sa Mga Gawa, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:14. Ito ay katitisurang bato para sa mga Hudyo (cf. I Corinto 1:23), ngunit ito ay isang OT na hula (cf. Genesis 3:15; Mga Awit 22; Isaias 53). Ito ay katulad na katotohanan na matatagpuan sa Lucas 24:7,26,44-47.

Ang Griyegong "ang Kristo" ay nagpapahayag ng Hebreong titulong "ang Mesias." Ipinapahayag ni Pablo na si Hesus, na napako sa krus, ay ang tunay na Kristo, ang Ipinangako, ang Pinili (cf. 2:36; 3:6,18,20; 4:10,26; 13:33; 17:3; 26:23, tingnana ang natatanging Paksa: Mesias sa 2:31).

▣ **"kung paano na siya muna sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay"** Dahil sa tekstong ito, at Roma. 1:4, mayroong lumagong isang sinaunang maling paniniwala na tinawag na "adopsyonismo" (tingnan sa dagdag na dahon), na nagpapahayag na ang taong si Hesus ay ginantimpalaan para sa isang mabuting buhay sa pamamagitan ng mulng pagkabuhay sa mga patay. Subalit, ang nakakaligaw na Kristolohiyang ito, ay nagwalang-bahala sa lahat ng mga teksto patungkol sa Kanyang pag-iral bago ang paglalang, tulad ng Juan 1:1; Filipos 2:6-11; Colosas 1:15-17; at Hebreo 1:2-3. Si hesus ay mayroong palaging pag-iral; Siya ay mayroong palaging Diyos; Siya ay nagkatawang-tao sa isang panahon.

▣ **"ng ilaw"** Ang liwanag o ilaw ay isang sinaunang talinghaga ng katotohanan at kadalisayan (cf. v. 18; Isaias 9:2; 42:6-7).

▣ **"sa *Hudyong* bayan, at gayon din sa mga Gentil"** Mayroong isa lamang na ebanghelyo para sa apwa mga pangkat (cf. Efeso 2:11-3:13). Ito ay ang hiwaga naitago mula sa mga panahon, ngunit ay ngayon ay ganap na naihayag kay Kristo. Ang lahat ng mga tao ay nilikha sa larawan ng isa manlalalang na Diyos (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga pangako ng Genesis 3:15 ay ang Diyos ang magkakaloob ng kaligtasan para sa nalugmok na sangkatauhan. Ipinapahayag ni Isaias ang pagiging panglahat ng Mesias (e.g., Isaias 2:2-4; 42:4,6,10-12; 45:20-25; 49:6; 51:4; 52:10; 60:1-3; at din Mikas 5:4-5).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:24-29

**24At nang magawa na niyang gayon ang kaniyang pagsasanggalang ay sinabi ni Festo ng malakas na tinig, Pablo, ikaw ay ulol; ang kalakhan ng dunong mo ay siyang sa iyo'y nagpapaulol. 25Datapuwa't sinabi ni Pablo, Hindi ako ulol, kagalanggalang na Festo; kundi nagsasalita ako ng mga salitang katotohanan at kahinahunan. 26Sapagka't nalalaman ng hari ang mga bagay na ito, na sa kaniya'y nagsasalita naman ako ng buong laya: sapagka't naniniwala ako na sa kaniya'y walang nalilingid sa mga bagay na ito; sapagka't ito'y hindi ginawa sa isang sulok. 27Haring Agripa, naniniwala ka baga sa mga propeta? Nalalaman kong naniniwala ka. 28At sinabi ni Agripa kay Pablo, Sa kakaunting paghikayat ay**

**ibig mo akong maging Kristiyano. [29]At sinabi ni Pablo, Loobin nawa ng Diyos, na sa kakaunti o sa marami man, ay hindi lamang ikaw, kundi pati ng lahat ng mga nagsisipakinig sa akin ngayon, ay pawang maging katulad ko naman, tangi lamang sa mga tanikalang ito.**

**26:24 "sinabi ni Festo ng malakas na tinig"** Ang mensahe ni Pablo ay hindi kapani-paniwala sa kanya. Ang kanyang pananawa sa mundo at kultura, edukasyon, at kalalagayan ay may pagkiling sa kanyang kakayahang umunawa.

▣ **"ang kalakhan ng dunong mo ay siyang sa iyo'y nagpapaulol"** Sa isang di-tuwirang paraan, ito ay nagpapakita ng kalaliman, kaliwanagan, at pagkamahikayatin ng pagtatanggol ni Pablo.

**26:25 "ng katotohanan at kahinahunan"** Ang Griyegong terminong *sōphrosunē* ay nagmula sa dalawang Griyegong mga salitang, "tunog" at "isipan." Sila ay nangangahulugan ng isang balanseng pamamaraan sa buhay at pag-iisip. Ito ay ang kasalungat ng "nawawala ang iyong isipan" at "baliw" (cf. v. 24).

▣ **"ang katotohanan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: "KATOTOHANAN" SA MGA SULAT NI PABLO

Ang paggamit ni Pablo ng salitang ito at kaugnay na mga anyo ay nagmula sa katumbas nito sa OT, *emet*, na nangangahulugang mapagkakatiwalaan o matapat (BDB 53). Sa mga pang-Hudyong inter-biblikal ng mga sulat, ito ay ginamit na katotohaan bilang pagtaliwas sa kasinungalingan. Maaaring ang pinaka-malapit ng katulad ay ang "Mga Imnong Pasasalamant" ng 'Dead Sea Scrolls,' na ginamit sa mga nahayag na mga doktrina. Ang mga kabilang sa Komunidad ng Eseno ay naging "mga saksi ng katotohanan."

Si Pablo ay gumagamit ng salita bilang isang paraan ng pagtukoy sa ebanghelyo ni Hesukristo.

1. Roma 1:18,25; 2:8,20; 3:7; 15:8
2. I Corinto 13:6
3. II Corinto 4:2; 6:7; 11:10; 13:8
4. Galacia 2:5,14; 5:7
5. Efeso 1:13; 6:14
6. Colosas 1:5,6
7. II Thesalonica 2:10,12,13
8. I Timoteo 2:4; 3:15; 4:3; 6:5
9. II Timoteo 2:15,18,25; 3:7,8; 4:4
10. Tito 1:1,14

Si Pablo ay gumagamit din ng salita bilang isang paraan ng paghahayag ng kanyang sinasabi nang may katiyakan

1. Gawa 26:25
2. Roma 9:1
3. II Corinto 7:14; 12:6
4. Efeso 4:25
5. Filipos 1:18
6. I Timoteo 2:7

Siya rin ay gumagamit nito upang ilarawan ang kanyang layunin sa I Corinto 5:8 at lakad ng buay (gayundin para sa lahat ng Kristiyano) sa Efeso 4:24; 5:9; Filipos 4:8. Ginagamit niya ito minsan para sa tao.

1. Ang Diyos, Roma 3:4 (cf. Juan 3:33; 17:17)
2. Si Hesus, Efeso 4:21 (katulad sa Juan 14:6)
3. Mga pagpapatotoong pang-Apostol, Tito 1:13
4. Si Pablo, II Corinto 6:8

Si Pablo lamang ang gumagamit ng anyong pandiwa (i.e., *alētheuō*) sa Galacia 4:16 at Efeso 4:15, na kung saan ito ay tumutukoy sa ebanghelyo. Para sa mas malalim na pag-aaral sumangguni kay Colin Brown (ed), *The New International Dictionary of New Testament Theology*, tomo 3, pp. 784-902.

**26:26-28 "nalalaman ng hari ang mga bagay na ito"** Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa mga talatang ito. Tila si Pablo ay nagnanais na gamiting si Agripa II upang patunayan ang kanyang patotoo at kung maaaring ibalik siya sa pagtanggap nng kanyang katotohanan. Ang talatang 28 ay maaaring isalin, "Ninanais mo ba na ako ay maging isang Kristyanong saksi?"

**26:26 "sa kaniya'y nagsasalita naman ako ng buong laya"** Kadalasang ginagamit ni Lucas ang terminong ito sa Mga Gawa, ito ay palaging nakaugnay kay Pablo (cf. 9:27,28; 13:46; 14:3; 18:26; 19:8). Ito ay kadalasang isinasaling "magsalita ng may katapangan" (cf. I Thesalonica 2:2). Ito ay isa sa mga pagpapatunay ng pagiging puspos ng Espiritu-. Ito ay ang paksa ng

panalanging kahilingan ni Pablo sa Efeso 6:20. Ang pamamahayag ng ebanghelyo na may katapangan ay ang layunin ng Espiritu para sa bawat nananampalataya.

▣ **"sapagka't ito'y hindi ginawa sa isang sulok"** Si Pedro ay gumawa ng katulad pagbibigay-diin nang paulit-ulit sa kanyang unang tagapakinig sa Herusalem (cf. 2:22,33). Ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay napapatunayan at pagkasaysayan.

**26:27** Nalalaman ni Pablo na may kaalaman si Agripa sa OT. Inaangkin ni Pablo na ang kanyang mensahe ng ebanghelyo ay maliwanag na mawawari mula sa OT Banal na Kasulatan. Ito ay hindi isang "bago" o "dagdag" na mensahe! Ito ay ang natupad na propesiya.

**26:28**
**NASB** **"Sa kakaunting paghikayat ay ibig mo akong maging Kristiyano"**
**NKJV** **"Halos nahimok mo akong maging Kristyano"**
**NRSV** **"Ikaw ba ay lubhang nagmamadali na ako'y hikayating maging isang Kristyano"**
**TEV** **"Sa maikling panahong ito, sa tingin mo ay gagawin akong isang Kristyano"**
**NJB** **"Kauntin na lang, at ang iyong pangangatwiran ay gagawa na ng isang Kristyano sa akin"**

Mayroong isang leksikong pamimilian patungkol sa kung paaano mauunawaan ang *oligō* (na nangangahulugang maliit o munti), "sa isang maikling panahon" (NASB, NRSV, TEV), o "may kaunting pagsisikap" (NKJV, NJB). Ito din ay katulad na pagkalito na makikita sa v. 29.

Mayroong din isang tekstwal na kaibahan kaugnay sa pariralang ito: "gawin" o "yariin" (*poieō*) sa mga kasulatan $P^{74}$, א, A (UBS[4] ay binibigyan ito ng isang "A" na antas), o "magiging" sa MS E at ang Vulgata at Peshitta na mga salin.

Ang kahulugan sa mas malaking konteksto ay maliwanag. Ninanais ni Pablo na ipakilala ang ebanghelyo sa isang paraan na silang nakakaalam at nagpapatunay ng OT (Agripa) ay maaaring dalhin sa ilalim ng paniniwala o kahit na papaano, ay patunayan ang kahalagahan ng mga OT propesiya.

▣ **"Kristyano"** Ang mga tao ng "Daan" (mga tagasunod ni Kristo) ay unang tawag samga Kristiyano sa Antioquia ng Siria (cf. 11:26). Ang tanging ibang lugar sa pangalang ito ay makikita sa Mga Gawa sa bibig ni Agripa II, na nangangahulugangang ang pangalan ay balitang-balita.

**26:29 "Loobin nawa ng Diyos"** Ang talatang 29 ay isang may bahaging PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP (*isang* na mayOPTATIBONG PANAGANO), na nagpapahayag ng isang pagnanais na maaaring malayong mangyari sa katotohanan. Ito ay kadalasang isang panalangin o kahilingan. Hinihiling ni Pablo na ang lahat ng kanyang tagapakinig, Romano at Hudyo, ay dumating sa pananampalataya kay Kristo tulad niya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 26:30-32

**30At nagtindig ang hari, at ang gobernador, at si Bernice, at ang mga nagsiupong kasama nila: 31At nang sila'y makahiwalay, ay nangagsalitaan sila sa isa't isa, na nagsisipagsabi, Ang taong ito ay walang anomang ginagawa na marapat sa kamatayan o sa mga tanikala. 32At sinabi ni Agripa kay Festo, mapalalaya sana ang taong ito, kung hindi naghabol kay Cesar.**

**26:30** Paaano nakuha ni Lucas ang ganitong impormasyon? Ito ay isang pribadong pag-uusap sa pagitan ng pampamahalaan mga pinuno (at kanilang mga pamilya).

1. isang lingkod na narinig ito at ipinasa kay Lucas?
2. ipinagpapalagay ni Lucas ang kanilang sinabi pamamagitan ng mga sumunod na pahayag
3. Ginagamit ni Lucas ang pagkakataong ito upang patibayin ang kanyang pampanitikang layunin na ipakita na si Pablo o ang Kristiyanismo ay hindi isang banta sa Roma

**26:31-32 "mapalalaya sana ang taong ito, kung hindi naghabol kay Cesar"** Ito ay nagpapakita ng isa sa mga pangunahing layunin ni Lucas pagsulat ng Mga Gawa, na ang Kristiyanismo ay hindi taksil sa Roma. Ito ay isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP na ginagawa itong isang bulaang pagbibigay-diin upang mapatingkad ang isang katotohanan. Ang taong ito ay maaaring napalaya (na hindi nangyari) kung siya ay hindi nagsamo kay Cesar (na kanyang ginawa).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano nagkaiba ang pagtatanggol kay Festo at Felix?
2. Paano umakma ang personal na patotoo ni Pablo sa kanyang pangkalahatang pagtatanggol?
3. Bakit ang isang nagdurusang Mesias ay lubhang dahyuhan sa mga Hudyo?
4. Bakit ang talata 28 ay lubhang mahirap ipaliwanag?
5. Paano umakma ang pagtalakay nina Festo, Agripa at Bernice (vv. 30-31) sa pangkalahatang pampanitikang layunin ni Lucas sa Mga Gawa?

# MGA GAWA 27

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Pablo ay naglayag sa Roma | Ang Paglalayag sa Roma | Ang Palalayag sa Melita | Si Pablo ay naglayag sa Roma | Ang Paglisan para sa Roma |
| 27:1-8 | 27:1-8 | 27:1-8 | 27:1-6 | 27:1-3 |
| | | | | 27:4-6 |
| | Pagbabaliwala sa Babala | | 27:7-8 | 27:7-8 |
| 27:9-12 | 27:9-12 | 27:9-12 | 27:9-12 | 27:9-12 |
| Ang Unos at Dagat | Sa Sigwa | | Ang Unos at Dagat | Ang Unos at Pagkasira |
| 27:13-20 | 27:13-38 | 27:13-20 | 27:13-20 | 27:13-20 |
| 27:21-26 | | 27:21-26 | 27:21-26 | 27:21-26 |
| 27:27-32 | | 27:27-32 | 27:27-32 | 27:27-32 |
| 27:33-38 | | 27:33-38 | 27:33-38 | 27:33-38 |
| Ang Pagkasira ng Barko | Pagkasira ng Barko sa Melita | | Ang Pagkasira ng Barko | |
| 27:39-44 | 27:39-44 | 27:39-44 | 27:39-41 | 27:39-41 |
| | | | 27:42-44 | 27:42-44 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

### MGA KAISIPANG KONTEKSTWAL

A. Si Lucas ay may malawak na kaalaman, na sumasakop sa paglalayag (A. T. Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, tomo 3, p. 456, ay nagsasabing ginagamit ni Lucas ang siyam na mga tambalan na may *pleō*, maglayag) gayundin naman sa panitikan, medisina, kasaysayan at teolohiya. Dito ay isang tala ng teknikal, paglalayag na mga termino at mga parirala
   1. naglayag (cf. 13:4; 14:26; 20:15;27:1)
   2. nagsilayag kami na nagsipanganlong (cf. 27:4,7)
   3. sinepete (cf. 27:13)
   4. *euraquilo* (cf. 27:14)
   5. makasalungat sa hangin (cf. 27:15)

6. sa pagtakbo ng daong na nanganganlong (cf. 27:16)
7. tinalian ang ibaba ng daong (cf. 27:17)
8. layag (*skeuos*) (cf. 27: 17)
9. mga kasangkapan ng daong (*skeuēn*) (cf. 27:19)
10. tinarok (cf. 27:28[dalawang beses])
11. dipa (cf. 27:28[dalawang beses])
12. apat na sinepete sa hulihan (cf. 27:29,40)
13. mga tali ng mga ugit (cf. 27:40)
14. maitaas na nila sa hangin ang layag sa unahan (cf. 27:40)
15. nagsilig (MSSdi $P^{74}$,א , A, cf. 28:13)

B. Isang lumang aklat na may malaking tulong sa mga tagapagpaliwanag ay si James Smith sa *The Voyage and Shipwreck of St. Pablo*, 1848.

C. Ang paglalakbay na ito sa Roma ay tinangka at isang mapanganib na panahon ng taon para sa paglalayag (cf. 27:1,4,7, 9,10,14). Kadalasan Nobyembre-Pebrero ay ang pinakamapanganib na panahon sa paglalakbay, na may dalawa sa tatlong linggo ng palugit nayugto bago at pagkatapos. Ang karaniwang mga paglulan ng binhi sa Roma ay umaabot ng sampu hanggang labing-apat na araw, ngunit dahil sa ang direksiyon ng hangin ay bumabalik, maaaring magtagal ng animnapung araw.

D. Mayroong tatlong iba't-iba, maaaring apat, na barko na nabanggit sa talatang ito
1. isang baybaying barko na humihinto sa bawat daungang at dumadaong malapit sa dalampasigan.
2. dalawang Ehipsyong barko na nagtatawid ng mga bindi mula sa Ehipto patungong Italya
3. maaaring isang paglalakbay sa lantsa sa pagitan ng Napoles sa isang paglalapagan na 43 milya sa timog ng Roma

Ito ay nakakawili na sundan ang mga tala ni Lucas's account sa paglalakbay na ito sa isang mapa ng Mediterrano.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:1-8

**[1]At nang ipasiya na kami ay lalayag na patungo sa Italia, ay ibinigay nila si Pablo at ang iba pang mga bilanggo sa isang senturion na nagngangalang Julio, sa pulutong ni Augusto. [2]At sa paglulan namin sa isang daong Adrameto, na palayag sa mga dakong nasa baybayin ng Asya, ay nagsitulak kami, na kasama namin si Aristarco na isang taga Macedonia mula sa Tesalonica. [3]At nang sumunod na araw ay nagsidaong kami sa Sidon: at pinagpakitaan ni Julio ng magandang-loob si Pablo, at pinahintulutan siyang pumaroon sa kaniyang mga kaibigan, at siya'y magpakaginhawa. [4]At nang kami'y magsitulak buhat doon, ay nagsilayag kami na nagsipanganlong sa Chipre, sapagka't pasalunga ang hangin. [5]At nang matawid na namin ang dagat na nasa tapat ng Cilicia at Pamfilia, ay nagsirating kami sa Mira, na isang bayan ng Licia. [6]At nasumpungan doon ng senturion ang isang daong Alejandria na lumalayag na patungo sa Italia; at inilulan niya kami roon. [7]At nang makapaglayag na kaming marahan nang maraming mga araw, at may kahirapan kaming nakarating sa tapat ng Gnido, na hindi kami tinulutan ng hanging makasulong pa, ay nagsilayag kami na nagsipanganlong sa Creta, sa tapat ng Salmon; [8]At sa pamamaybay namin dito na may kahirapan ay nagsidating kami sa isang dako na tinatawag na Mabubuting Daongan; na malapit doon ang bayan ng Lasea.**

**27:1 "At nang ipasiya na kami ay lalayag na patungo sa Italia"** Ipinadala sila ni Festo sa isang mapanganib na panahon ng ang year para sa paglalayag. Ang "tayo" ay tumutukoy kina Pablo at Lucas (maaaring ibang tao). Karamihan ng "tayong" mga bahagi ng Mga Gawa ay may paglalayag na sangkap (cf. 16:10-17; 20:5-15; 21:1-18; 27:1-28:16).

▣ **"iba pang mga bilanggo"** Hindi natin nalalaman ang anuman na patungkol sa kanila maliban na sila ay mga bilanggo ng imperyo na papunta sa Roma.

▣ **"senturion"** Ang mga lalaking ito ay palaging ipinakikilala sa paayong mga terminong sa NT (cf. Mateo 8; Lucas 7; 23:47; Mga Gawa 10; at paglilitis ka Pablo, 21-28).

▣ **"sa pulutong ni Augusto"** Sila ay inaakalang mga pampamunuang taga-dala ng balita sa pagitan ng Roma at mga lalawigan (cf. W. M Ramsay, *St. Paul the Traveler and Roman Citizen*, pp. 315, 348), ngunit ito lamang di-naitalang pagpapalagay bago kay Emperador Hadrian (A.D. 117-138).

**27:2 "isang daong Adrameto"** Ito ay isang maliit na baybaying barko na humihinto sa bawat daungan. Ang tahanang daungan ng barkong ito ay ang daungan ng Mysia sa Asya Minor. Ito ay ang unang yugto ng mahaba at mapanganib na paglalakbay sa Roma.

▣ **"Aristarco"** Ang kanyang tahanan ay sa Tesalonica; maaaring siya ay umuwi (cf. Mga Gawa 19:29; 20:4; Colosas 4:10; Filemon 24). Siya ay maaaring sinamahan ni Secundas (cf. 20:4 at ilang kanluranin Griyegong mga kasulatan ng talatang ito).

**27:3 "Sidon"** Ito ay isang Poenikong lungsod na halos animnapu't-pitong milya sa hilaga ng Cesarea. Ito ay ang sinaunang kabisera ng Fenicia, ngunit matagal na buhat noong naglaho ang Tiro.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ng magandang-loob"** |
| **NKJV, NRSV** | **"may kabaitan"** |
| **TEV** | **"ay mabait"** |
| **NJB** | **"ay maunawain"** |

Ito ay isang tambalan termino mula sa "pag-ibig" (*philos*) at "sangkatauhan" (*anthrōpos*). Ang termino ay ginamit nang dalawang beses sa Mga Gawa, ang PANGNGALAN sa 28:2 (cf. Tito 3:4) at ang PANG-ABAY dito sa 27:3. Si Julio ay isang mahabaging tao (tila nakakagulat para sa isang Romanong naghahap-buhay na sundalo). Maaaring narinig niya ang patungkol sa kaso ni Pablo.

▣ **"kaniyang mga kaibigan"** Ito ay maaaring ay tumutukoy sa mga Kristiyano doon. Pinagkakatiwalaan ni Julio si Pablo, ngunit maaaring isang Romanong bantay ang sumamasa kaniya.

▣ **"magpakaginhawa"** Ang teksto ay hindi tinukoy kung anong uri ng pansin (pangdamdamin, pisikal, pananalapi).

**27:4 "na nagsipanganlong sa Chipre"** Ito ay isang nakakalitong parirala dahil ginagawa nito ang Ingles na mga mambabasa na isipin "timog ng Chipre," ngunit sa katotohanan, ito ay nangahulugang hilaga. Ang ibang mga pangalan na nabanggit ay sa katimugan at kanluranin baybayin ng makabagong Turkey.

**27:6 "isang daong Alejandria na lumalayag na patungo sa Italia"** Ito ay isang mas malaking barko (276 na tao ang nakasakay at saka malalaking mga halaga ng bindi) mula sa Ehipto sa kaniyang pagdaan sa Roma. Ang mga makabago ay nalalaman na ang malalaking barko sa mga pader ng Pompeii ay mula sa mga sulat ni Lukas, halos A.D 150. Ang Myra ay ang pangunahing daungang para sa malalaking bapor na may mga binhi.

**27:7 "Gnido"** Ito ay isang malayang pangdagat na lungsod sa timog-kanlurang baybayin ng Romanong lalawigan ng Asya. Karamihan ng mga barkong papuntang Roma ay gumagamit ng daungang ito (cf. Thucydides, *Hist*. 8.35). Ito ay may dalawang daungang dahil ito ay matatagpuan sa isang peninsula.

▣ **"Salmon"** Ito ay isang lungsod silangang dulo ng pulo ng Creta. Dahil sa panahon ng taon sinubukan nila na gumawa ng kanilang daan pakanluran sa paglalayag na malapit sa pulo.

**27:8 "Mabubuting Daongan"** Ito ay isang look na malapit sa timog ng lungsod ng Lasea sa Creta. Ito ay hindi isang daungan, ngunit isang look. Napakahirap manatili dito habang taglamig.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:9-12

**[9]At nang magugol na ang mahabang panahon, at mapanganib na ang paglalayag, sapagka't nakalampas na ang Pagaayuno, ay pinamanhikan sila ni Pablo, [10]At sa kanila'y sinabi, Mga ginoo, nakikita ko na ang paglalayag na ito ay makapipinsala at magiging malaking kapahamakan, hindi lamang sa lulan at sa daong, kundi naman sa ating mga buhay. [11]Datapuwa't may higit pang paniwala ang senturion sa piloto at sa may-ari ng daong, kay sa mga bagay na sinalita ni Pablo. [12]At sapagka't hindi bagay hintuan sa tagginaw ang daongan, ay ipinayo ng karamihan na tumulak mula roon, at baka sakaling sa anomang paraan ay makarating sila sa Fenix, at doon huminto sa tagginaw; na yao'y daungan ng Creta, na nasa dakong hilagang-silanganan at timugang-silanganan.**

**27:9** Mayroong tiyak na dami sa isang taon (mga tagalamig na buwan) kapag ang napakabilis na paggalaw ng bagyo ay humaharap sa mga direksyon ng hangin ay ginagawang mapanganib ang paglalayag sa Mediterrano.

▣ **"ang Pagaayuno"** Ito ay tumutukoy sa Araw ng Katubusan (cf. Levitico 16). Ito lamang ang araw ng pag-aayuno na nabanggit sa mga sulat ni Moises. Gagawin nito ang paglalakbay sa pagitan ng Setyembre at Oktubre. Ang Oktubre ay ang palugit nayugto para sa paglalakbay sa dagat.

▣ **"*nasimula* si Pablo"** Ito ay isang DI-GANAP PANAHUNAN na maaaring tumutukoy sa (1) nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas

o (2) ang simula ng isang pagkilos. Sa konteksto, ang opsyon #2 ay pinakamainam.

**27:10** Si Pablo ay nagpalabas ng isang matindi at tiyak na babala. Subalit, sa katotohanan, ito ay hindi nangyari. Si Pablo ba ay nagbibigay ng kanyang personal na kuro-kuro ("Aking palagay"), o binago ba ng Diyos ang Kanyang isipan at nagpasyang iligtas ang mga taong nakasakay (cf. v. 24)?

**27:11**
**NASB** **"sa piloto at sa may-ari ng daong"**
**NKJV** **"ang tagaugit at ang may-ari"**
**NRSV** **"ang piloto at ang may-ari"**
**TEV, NJB** **"ang kapitan at ang may-ari"**

Ang pariralang ito ay nangangahulugan ng dalawang magkaibang tao.

1. ang piloto (*kubernētēs*), na tumutukoy sa tagaugit, ang isa na namimiloto ng barko (cf. Pahayag 18:17)
2. ang kapitan (*nauklēros*, tambalan ng "barko" [*naus*] at "magmana" o "isang palad" [*klēros*]), kahit na ang salitang ay maaaring mangahulugang "mga may-ari ng barko" (cf. F. F. Bruce, *The Book of Acts,* p. 507, na sinipi si Ramsay, *St. Paul the Traveler*, p. 324, na nagsipi ng *Inscriptiones Graecae*, 14.918). Ang gamit nito sa Koine Papyri ay "kapitan." Ang tiyak na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang mga terminong ito ay di-tiyak (cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 1, p. 548 laban kay Harold Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 275), ngunit maaaring sa isang barko na ang sukat ay ganito (Alexandrian grain barko) ay may maraming mga antas ng pinuno, gayundin naman sa karaniwang manlalayag.

**27:12 "kung"** Ito ay isang PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP. Silang mga gumawa ng kapasyahan sa paglalayag ay nalalaman na ito ay maaaring mapanganib ngunit iniisip nila na maaaring magawa ito.

▣ **"Fenix"** Ito ay isang daungan sa katimuganng baybayin ng Creta, sa kanluran ng *Fair Havens*. Mayroong ilang alinlangan mula sa sinaunang mga pinagmulan patungkol sa tiyak nitong kinalalagyan (Strabo, *Geography*, 10.4.3 laban kay Ptolemy, *An Egyptian Geography* 3.17.3). Sila ay nagpatuloy sa paglalayag na nagsara sa dalampasigan sa katimugang baybayin ng Creta.

▣ **"na nasa dakong hilagang-silanganan at timugang-silanganan"** Tila sa Fenix dito ay dalawang baya na hiwalay ng isang piraso ng lupa na umungos sa dagat. Isang daungan ay maaaring paayong kaugnay sa hangin mula sa isang direksyon at ang iba pang paayon kaugnay sa hangin mula sa ang ibang direksyon. Ang panahon ng taon ang nagtatakda kung anong daungang ang pinakamainam.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:13-20

**13 At nang marahang humihihip ang hanging timugan na inaakalang maisasagawa nila ang kanilang nasa, itinaas nila ang sinepete at namaybay sa baybayin ng Creta. 14 Datapuwa't hindi nalaon at humampas na galing doon ang maunos na hangin, na tinatawag na Euraquico: 15 At nang ipadpad ang daong, at hindi makasalungat sa hangin, ay nangagpabaya na kami, at kami'y ipinadpad. 16 At sa pagtakbo ng daong na nanganganlong sa isang maliit na pulo na tinatawag na Clauda, ay may kahirapan naming maitaas ang bangka: 17 At nang maitaas na ito, ay nagsigamit sila ng mga lubid, na tinalian ang ibaba ng daong; at, sa takot na baka mapapadpad sa Sirte, ay ibinaba nila ang mga layag, at sa gayo'y napaanod sila. 18 At sapagka't lubhang nakikipaglaban kami sa bagyo, nang sumunod na araw ay nangagsimula silang magtapon ng lulan sa dagat; 19 At nang ikatlong araw ay kanilang ipinagtatapon ng kanilang sariling mga kamay ang mga kasangkapan ng daong. 20 At nang hindi sumisikat sa amin ang araw ni ang mga bituin man nang maraming mga araw, at sumasa ibabaw namin ang isang hindi munting bagyo, ay nawala ang buong pagasa na kami'y makaliligtas.**

**27:14**
**NASB, NRSV** **"isang maunos na hangin"**
**NKJV** **"isang maligalig na hangin"**
**TEV** **"isang napakalakas na hangin"**
**NJB** **"isang bagyo"**

Ang Griyegong salita ay *tuphōn* (typhoon) + *ikos* (tulad ng). Ito ay isang kagyat, lubhang marahas na hangin. Ito ay maaaring pinaigting ng 7,000 talampakang kabundukan sa Creta.

▣
**NASB** **"Euraquico"**
**NKJV** **"Euroclidon"**
**NRSV, TEV** **"ang taga hilagang-silangan"**
**NJB** **"ang taga-hilagang silangan"**

Ito ay isang natatanging pangalan na ibinigay ng mga manlalayag para sa ganitong uri ng hanging sa kapanahunang ito. Ito ay binubuo ng (1) isang Griyegong termino, "silangang hangin" (*euros*) at (2) isang Latin na termino "hilagang hangin" (*aquilo*). Ito ay isang malakas, biglaang hilagang-silangang hangin.

Dahil ito ay naging isang teknikal na terminong paglalayag (*eukakulōn*), ito ay mali ang pagkakaunawa nang lumaaon ng mga eskriba na binago ito sa maraming paraan upang subukang magkaraoon ng diwa konteksto.

**27:15 "hindi makasalungat sa hangin"** Ang mga sinaunang barko ay may mga mata na nakpinta sa bawat panig ng harap ng barko. Kinalaunan, ang mga anyo ng tao o hayop ay inilalagay sa bawat panig ng harapan ng barko (cf. 28:11). Kahit na ngayon binibigyan natin ng katauhan ang mga barko bilang mga babae. Ang pariralang ito sa literal ay "laban sa" (*anti*) na daragdagan ng "mata" (*ophthalmos*). Sila ay maaaring hindi pinangunahan ng barko sa hangin.

**27:16 "Clauda"** Ito maliit na pulo na halos limampung milya malapit sa katimugang baybayin ng Creta. Sila ngayon ay walang magawa upang harapin ang isang malakas na hilagang-silangang hangin. Kanilang sinamantala ang ang maikling kanlungan mula sa hangin upang maaaring nilang ihanda ang barko para sa maaalong dagat.

Mayroong maraming Griyegong kasulatang mga kaibahan sa pangalan ng pulong ito.

1. *Kauda*, MSS $P^{74}$, $\aleph^2$, B
2. *Klauda*, MSS $\aleph^*$, A
3. *Klaudēn*, MSS H, L, P, at maraming nahuling minuskulang kasulatan
4. *Gaudēn*, ang Griyegong teksto ginamit ni Jerome
5. *Klaudion*, ilang minuskulang na mga kasulatan

Ang UBS[3] at UBS[4] ay binibigyan ang #1 ng "B" na antas (halos tiyak). Ang unang dalawang opsyon ay maaaring ang Griyegong anyo at ang Lating anyo ng pangalan.

▣ **"ay may kahirapan naming maitaas ang bangka"** Ito ay tumutukoy sa isang mas maliit na bangka na maghihila (cf. vv. 30, 32). Ang bangkang ito na sumusunot ay bumubuo ng isang pabigat na ginagawa itong mahirap na ugitan ang mas malaking barko.

**27:17 "nagsigamit sila ng mga lubid, na tinalian ang ibaba ng daong"** Ito ay tumutukoy sa pagbabalot ng natatanging mga lubid sa palibot ng katawan ng barko upang tulungan itong sa tanganang magkakasama sa bagyo (cf. Aristotle, *Rhetoric* 2.5.18).

▣ **"sa Sirte"** Ito ay mga gumagalaw na mga pulong buhangin sa baybayin ng hilagang Aprika. Sila ay tinawag na Syrtis Major at Syrtis Minor (cf. Pliny, *Nat. Hist.* 5.4,27). Sila ay ang libingan ng maraming naglalayag na barko. Upang maiwasan ang Syrtis Major ang mga mandaragat ay pinipiloto ang barko nang patagilid, upang mabagal na lumusong papuntang timog.

▣ **"ang mga layag"** Ang susi sa wastong pagpapaliwanag sa kontekstong ito ay ang terminong "ibinaba." Ano ang kanilang binaba: (1) isang angklat sa dagat o (2) bahagi ng layag? Ang layunin ay upang ipakita na ang barko bumabagal, ngunit sa katulad na panahon ay pinapahintulot ang ilang pagpipigil.

Ang isang angklang dagat ay hindi isang angkla na sumusunggap sa ilalim, ngunit ng kumot na tulad ng parasyut na ginamit ang bigat ng tubig na taglay nito upang pabagalin ang barko mula sa pagtagilid papuntang timog (cf. teksto sa Lumang Latin at NASB, NRSV, at NJB).

Mayroong maraming Ingles na mga salin na isinalin ito bilang "ibaba ang layag" (cf. NKJV, TEV, NJB, at Peshitta sa Ingles). Ang Griyegong termino sa literal ay nangangahulugang "isang bagay" (cf. Louw & Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 223) at ay kailangang ipaliwanag sa liwanag ng isang tiyak na konteksto. Mayroong maraming partikular na papyrii mga teksto na ginamit para sa isang paglalayag (cf. Moulton & Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, p. 577). Kung magkagayon nga, kanilang ibinaba ang bahagi ng mga layag ngunit hindi ang lahat. Kanilang pinanatili ang ilang pagpigil at tinangkang maglakbay nang mabagal hanga't maaari.

**27:18-19** Ito ay nagpapakita kung gaano kalupit at kapanganib ang unos na ito na inakala ng mga batikang manlalayag (cf. 20).

**27:18 "nangagsimula silang magtapon ng lulan"** Ang pagkilos na ito ay nagpapakita na ang manlalayag na ito ay totoong natatakot para sa kanilang mga buhay.

**27:19 "mga kasangkapan ng daong"** Ang tiyak na tinutukoy ay di-kilala, maaaring ang pangunahing paglalayag at ang lubid nito. Ang termino ay may kalabuan. Ito ay lubhang katulad na termino na tumutukoy sa angkla sa dagat, o bahagi ng mga layag, sa v. 17.

**27:20 "nang hindi sumisikat sa amin ang araw ni ang mga bituin man nang maraming mga araw"** Ang pariralang ito ay tila naghahayag na sila ay walang palatandaan kung nasaan sila. Sila ay natatakot sa baybayin ng hilagang Aprica, ngunit maaari din hindi nila masabi kung gaano na sila kalapit (cf. v. 29). Kung wala ang mga bituin o ang araw, sila ay maaaring hindi

makapaglayag o malaman ang kanilang kalalagayan.

▣ **"ay nawala ang buong pagasa na kami'y makaliligtas"** Ito ay nagtatakda ng yugto para sa pagpapalakas kay Pablo batay sa kanyang nakalipas na pangitain (cf. vv. 21-26). Ang kanilang mga pinagkukunan ay naglaho na!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:21-26

**21At nang maluwat nang hindi sila nagsisikain, ay tumayo nga si Pablo sa gitna nila, at sinabi, Mga ginoo, nangakinig sana kayo sa akin, at hindi umalis sa Creta, at nailagan ang kapinsalaang ito at kapahamakan. 22At ngayon ay ipinamamanhik ko sa inyo na inyong laksan ang inyong loob; sapagka't walang buhay na mapapahamak sa inyo, kundi ang daong lamang. 23Sapagka't nang gabing ito ay tumayo sa tabi ko ang anghel ng Diyos na may-ari sa akin, at siya ko namang pinaglilingkuran, 24Na nagsabi, Huwag kang matakot, Pablo; kailangang ikaw ay humarap kay Cesar: at narito, ipinagkaloob sa iyo ng Diyos ang lahat ng kasama mo sa paglalayag. 25Kaya nga, mga ginoo, laksan ninyo ang inyong loob: sapagka't ako'y sumasampalataya sa Diyos, na mangyayari ayon sa sinalita sa akin. 26Datapuwa't tayo'y kailangang mapapadpad sa isang pulo.**

**27:21 "nang maluwat nang hindi sila nagsisikain"** Mayroong hindi bababa sa tatlong maaaring mga kahulugan kaugnay sa v. 33:

1. maaaring sila ay nalula mula sa malakas, pinahabang unos
2. sila ay nananalangin at nag-aayuno para sa pang-relihiyong layunin na mailigtas (i.e., paganong ritwal, cf. v. 29)
3. sila ay lubhang abala sa pagsubok na mailigtas ang barko, ang pagkain ay naging isang mas maliit na isyu

▣ **"nangakinig sana kayo sa akin"** Ito ay ang "Sinabi ko na sa iyo!" ni Pablo. Ito ay naglaan kay Pablo ng pagkakataon sa pagkilos bilang tagapagsalita ng Espiritu.

**27:22 "kundi ang daong lamang"** Pansinin ang paggamit ng *dei* sa v. 26. Tingnan ang buong tala sa *dei* sa 1:16. Ito ay ginamit nang tatlong beses sa kabanatang ito (vv. 21,24,26).

**27:23 "ang anghel ng Diyos"** Maraming beses si Hesus o isang anghel ay nagpakita kay Pablo upang palakasin siya (cf. 18:9-10; 22:17-19; 23:11; 27:23-24). Ang Diyos ay may isang ebandyelikong plano at layunin para sa buhay ni Pablo (cf. v. 26; 9:15) at hindi ito mahahadlangan.

**27:24 "Huwag kang matakot, Pablo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na kasalukuyang umiiral (cf. Mga Gawa 23:11; Kawikaan 3:5-6).

▣ **"ipinagkaloob sa iyo ng Diyos ang lahat ng kasama mo sa paglalayag"** Ang unang PANDIWA ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG. Ang Diyos ay may isang plano at layunin para sa ministeryo ni Pablo (cf. 9:15; 19:21; 23:11). Siya ay kailangang (*dei*) magpatotoo sa Roma sa harapan ng kanyang pampamahalaan at pang-militar na mga pinuno.

Pablo's buhay at pananampalataya impacted ang destiny ng kanyang companions. Ito katulad na extension ng biyaya ay maaaring seen sa Deuteronomio 5:10; 7:9; I Corinto 7:14. Ito does hindi remove personal pananagutan, ngunit accentuates ang maaaring influence ng nananampalatayang pamilya, mga kaibigan, at co-workers.

**27:25** Ang pagpapaalala ni Pablo sa v. 22, "panatilihin ang iyong tapang," na isang PANGKASALUKUYANG PAWATAS, ay paulit-ulit, "panatilihin ang iyong tapang," na isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PAUTOS.

▣ **"sapagka't ako'y sumasampalataya sa Diyos"** Ang pakikipagtagpo ni Pablo sa buhay na Kristo ay nagbigay sa kaniya ng kakayahang magtiwala sa salita ng Diyos ("ito ay tiyak na mangyayari gaya ng sinabi ko" GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG). Ang pananampalataya ay ang kamay na tumatanggap ng mga kaloob ng Diyos—hindi lamang kaligtasan, ngunit kalooban ng Diyos.

> Si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament* ay mayroong isang dakilang pahayag at sipi mula sa Romaine, *Life of Faith*.
>
> "Tayo ngayon ay tumutungo sa N.T. nang may sang maliwanag na pagkakaiba sa pagitan ng pananampalataya sa isang panig, at pagtitiwala at pag-asa sa kabilang banda. Ang pananampalatay ay ang pagkuha saDiyos at Kanyang salita, habang pagtitiwala at pagpapagal at gayundin ang pag-asa ay ang wastong mga bunga ng pananampalataya, na naipapahayag sa iba't-ibang mga anyo kung saan nararamdaman ng mga mananampalataya. Ang isang mensahe ay dumadating mula sa Mak-akda ng aking pag-iral; ito ay maaaring isang banta, isang pangako, o isang utos. Kung kukunin ko ito bilang 'oo at amen,' na Pananampalataya; at ang pagkilos na nagbubunga ay isang pagkilos ng **amunah**

o matapat na Diyos. Ang pananampalataya, sang-ayon sa Banal na Kasulatan, ay tila ipinapahayag sa isang salita, mensahe, o kapahayagan. Samakatuwid, ang marunong na si Romaine ay nagsabi sa kanyang *Life of Faith:*—'Ang pananampalataya ay nagpapakilala na nananampalataya sa katotohanan ng Salita ng Diyos; ito ay nag-uugnay sa ilang salitang isinawika o sa ilang pangako na Kanyang ginawa, at ito na naghahayag ng pananampalataya ng isang tao na nakapakinig nito ay nagtataglay ng katotohanan nito; siya ay nagbibigay-diin dito, nagtitiwala dito, at gumagawa nang alinsunod: ito ang pananampalataya.' Ang bunga nito ay mag-iiba-iba sang-ayon sa akalikasan ng mensaheng natanggap, at ayon sa mga pangyayari ng tumanggap. Ito ang nagdulot kay Noah na gumawa ng isang daong, si Abraham upang ialay ang kanyang anak, Moises upang tanggihan na tawagin na anak ng babaeng anak ni Paraon, ang mga Israelita upang magmartsa palibot sa mga pader ng Jericho. Nananampalataya ako sa Diyos na ito ay magaganap gaya nang sinabi sa akin—ito ay isang larawan ng mga kaparaanan na tinatawag ng Bibliya na pananampalataya" (pp. 104-105).

Para sa "pananampalataya" tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:40; 3:16; at 6:5.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:27-32

**[27]Datapuwa't nang dumating ang ikalabingapat na gabi, samantalang kami'y ipinapadpad ng hangin sa magkabikabila ng Dagat ng Adriatico, nang maghahating gabi na ay sinasapantaha ng mga mangdaragat na sila'y nangalalapit na sa isang lupain. [28]At kanilang tinarok, at nasumpungang may dalawangpung dipa; at pagkasulongsulong ng kaunti, ay tinarok nilang muli at nasumpungang may labinglimang dipa. [29]At sa takot naming mapapadpad sa batuhan, ay nangaghulog sila ng apat na sinepete sa hulihan, at iniibig magumaga na. [30]At sa pagpipilit ng mga mangdaragat na mangagtanan sa daong, at nang maibaba na ang bangka sa dagat, na ang dinadahilan ay mangaghuhulog sila ng mga sinepete sa unahan, [31]Ay sinabi ni Pablo sa senturion at sa mga kawal, Maliban na magsipanatili ang mga ito sa daong, kayo'y hindi mangakaliligtas. [32]Nang magkagayo'y pinutol ng mga kawal ang mga lubid ng bangka, at pinabayaang mahulog.**

**27:27 "ang ikalabingapat na gabi"** Sa pagkakataong ito, ito ay umaakma sa tiyak na layo na tinahak ng pagsasaayos ng pagpapaanod (i.e., angkla sa dagat). Sila ay naglakbay ng 476 milya sa 36 milya sa bawat 24-oras na yugto.

▣ **"Dagat ng Adriatico"** Ito ay tumutukoy sa ang timog na gitnang Mediterrano (Adria). Hindi ito tumutukoy sa Dagat ng Adriatico ng ating panahon.

▣ **"sinasapantaha ng mga mangdaragat na sila'y nangalalapit na sa isang lupain"** Sila maaaring narinig ang mga alon o nakita ang tiyak na ibon o isda.

**27:28 "tinarok"** Ito ay mula sa ang PANDIWA na nangangahulugang "ihagis ang tingga," na tumutukoy sa paghulog ng isang maybigat na lubid, na tinandaan upang matukoy ang lalim ng tubig.

▣ **"dipa"** Ito ay layo sa pagitan ng mga bisig na nakadipa. Ito ay tumutuloy sa panukat ng mga manlalayag upang ipahayag ang lalim ng tubig.

**27:29** Ito ay madilim pa rin. Hindi nila alam ang tiyak na lugar kung nasaan sila.. Ninais nilang bumagal o ihinto ang barko sa daang patungo sa lupa hanggang maaarin na nilang makita kung saan patungo ang barko.

**27:30** Ang mga manlalayag na ito ay hindi mga tao ng pananampalataya. Gagawin nila ang kahit anong maaari nilang gawin upang iligtas ang kanilang mga sarili.

**27:31** Mayroong ilang mga pasubali (PANGATLONG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP) na kaugnay sa bagong pangitain kay Pablo at sa pangako ng Diyos.

▣ **"mangakaliligtas"** Ito ay ang OT na kaunawaan ng pisikal na pagkakaligtas (cf. Santiago 5:15). Sa pagkakaalam kay Pablo, ang mga manlalayag, ang mga sundalo, at kapwa namamakay ay nakarinig din ng ebanghelyo, na nagdulot ng NT kaunawaan sa termino na espiritwal na kaligtasan. Anong isang sakuna ang maligtas mula sa pisikal na kamatayan upang mamatay ng isang walang-hanggang kamatayan!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:33-38

**[33]At samantalang naguumaga, ay ipinamanhik ni Pablo sa lahat na magsikain, na sinasabi, Ang araw na ito ang ikalabingapat na araw na kayo'y nangaghihintay at nangagpapatuloy sa hindi pagkain, na walang kinakaing anoman. [34]Kaya nga ipinamamanhik ko sa inyo na kayo'y magsikain: sapagka't ito'y sa ikaliligtas ninyo: sapagka't hindi**

**mawawala kahit isang buhok sa ulo ng sinoman sa inyo. [35]At nang masabi na niya ito, at makadampot ng tinapay, ay nagpasalamat siya sa Diyos sa harapan ng lahat; at kaniyang pinagputolputol, at pinasimulang kumain. [36]Nang magkagayo'y nagsilakas ang loob ng lahat, at sila nama'y pawang nagsikain din. [37]At kaming lahat na nangasa daong ay dalawang daan at pitongpu't anim na kaluluwa. [38]At nang mangabusog na sila, ay pinagaan nila ang daong, na ipinagtatapon sa dagat ang trigo.**

**27:34 "sapagka't hindi mawawala kahit isang buhok sa ulo ng sinoman sa inyo"** Ginagamit ni Pablo ang mga salitang katulad ng mga salita ni Hesus (cf. Lucas 12:7; 21:18). Ito ay isang Hebreong wikain ng pagkalinga (cf. I Samuel 14:45; II Samuel 14:11; I Mga Hari 1:52).

**27:35** Ito ay hindi tumutukoy sa Hapunan ng Panginoon, ngunit ito ay nagpapakita ng pananampalataya ni Pablo, kahit na sa panahon ng kagipitan. ang pananampalataya ni Pablo ay nakakaimpluwensiya sa iba (cf. v. 36).

**27:37 "dalawang daan at pitongpu't anim"** Isinasama nito ang mga tripulante at pasahero.

1. Kasulatan B (ika-4 na siglo) ay mayroong "76"
2. MSS א (ika-4 na siglo) at C (ika-5 siglo) ay mayroong "276"
3. Kasulatan A (ika-5 siglo) ay mayroong "275"
4. Ang lahat makabagong Ingles mga salin ay may 276

Ang UBS[4] ay binibigyan ito ng isang "B" na antas (halos tiyak).

**27:38** Ito ay isang malaking barko na nagdadala ng butil mula sa Ehipto. Kanila nang itinapon sa dagat ang lahat ng iba pang kargamento at palubid (cf. v. 18).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 27:39-44

**[39]At nang magumaga na, ay hindi nila makilala ang lupain; datapuwa't nababanaagan nila ang isang look ng dagat na may baybayin, at sila'y nangagsangusapan kung kanilang maisasadsad ang daong doon. [40]At inihulog ang mga sinepete, at kanilang pinabayaan sa dagat, samantalang kinakalag ang mga tali ng mga ugit; at nang maitaas na nila sa hangin ang layag sa unahan, ay nagsipatungo sila sa baybayin. [41]Datapuwa't pagdating sa isang dako na pinagsasalubungan ng dalawang dagat, ay kanilang isinadsad ang daong; at ang unahan ng daong ay napabunggo at tumigil na hindi nang pansarili, datapuwa't nagpasimulang magkawasakwasak ang hulihan sa kalakasan ng mga alon. [42]At ang payo ng mga kawal ay pagpapatayin ang mga bilanggo, upang ang sinoma'y huwag makalangoy at makatanan. [43]Datapuwa't ang senturion, sa pagkaibig na iligtas si Pablo, ay pinigil sila sa kanilang balak; at ipinagutos na ang mga makalangoy ay magsitalon, at mangaunang magsidating sa lupa; [44]At sa mga naiwan, ang iba'y sa mga kahoy, at ang iba nama'y sa mga bagay na galing sa daong. At sa ganito nangyari, na ang lahat ay nangakatakas na ligtas hanggang sa lupa.**

**27:39** Sila ay maaaring mayroon pang pagpipigil sa barko sa ilang antas (cf. v. 40).

Mayroong isang Griyegong kasulatang pagkakaiba na kaugnay sa "itinungo sa barko dito" (cf. MSS א, A, B[2]) at "naidaong ang barko *nang ligtas*" (cf. MSS B* at C). Ang dalawang mga salitang ito ay lubhang magkatulad ang tunog (*exōsai* laban sa *eksōsai*). Ang sinaunang Griyegong mga kasulatan ay kadalasang binabasa ng isa at sinisipi nang maramihan. Ang mga terminong magkatunog ay kadalasang nakakalito.

**27:40** Ang mga bahurang ito sa dalampasigan ang nagdudulot ng maraming malalaking pinsala sa barko. Sa pagkakataong ito, isang bahura ang lumago kung saan ang along ng karagatan at tubig ng baybayin ay nagtatagpo.

▣
**NASB, NKJV,**
**NJV "mga ugit"**
**NRSV, TEV "mga timon"**

Ito ay tumutukoy sa dalawahang timon, na karaniwan sa mas malaking barko. Ang Santiago 3:4 ginagamit ang katulad nitong salita para sa "timon."

▣ **"ang layag sa unahan"** Ito ay isang di-pagkaraniwang termino, ngunit ito kailangang tumutukoy sa isang maliit na layag na nasa arko (cf. Juvenal, *Sat.* 12.69).

**27:42 "ang payo ng mga kawal ay pagpapatayin ang mga bilanggo"** Kung sila ay tumakas, ang mga sundalo ay papatawan ng dapat na sa kanilang kabayaran!

**27:43** Ang mga salita, pananampalataya, at mga pagkilos ni Pablo ay napasang-ayon ang pinuno ng ang Romanong pangkat na

magtiwala sa kaniya at protektahan siya.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang tala ni Lucas sa paglalayag ni Pablo sa Roma ay may maraming mga teknikal na termino na nauukol sa dagat. Anong ang implikasyon nito?
2. Bakit ang v. 20 ay lubhang may kahalagahang teolohiko?

# MGA GAWA 28

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Pablo sa Pulo ng Melita | Gawain ni Pablo sa Melita | Sa Pablo sa Melita | Sa Melita | Paghihintay sa Melita |
| 28:1-10 | 28:1-10 | 28:1-6 | 28:1-6 | 28:1-6 |
| | | 28:7-10 | 28:7-10 | 28:7-10 |
| Pagdating ni Pablo sa Roma | Pagdating sa Roma | Ang Paglalakbay sa Roma | Sa Melita patungong Roma | Sa Melita patungong Roma |
| 28:11-15 | 28:11-16 | 28:11-15 | 28:11-15 | 28:11-14 |
| | | | Sa Roma | 28:15-16 |
| 28:16 | | 28:16 | 28:16 | |
| Nangangaral si Pablo sa Roma | Gawain ni Pablo sa Roma | Si Pablo at Romanong Hudyo | | Pakikipag-ugnayan ni Pablo sa mga Romanong Hudyo |
| 28:17-22 | 28:17-31 | 28:17-22 | 28:17-20 | 28:17-20 |
| | | | 28:21-22 | 28:21-22 |
| | | | | Pagpapahayag ni Pablo sa mga Romanong Hudyo |
| 28:23-29 | | 28:23-29 | 28:23-27 | 28:23-27 |
| | | | | (26-27) |
| | | | 28:28 | 28:28 |
| | | Pagwawakas | 28:29 | Epilogo |
| 28:30-31 | | 28:30-31 | 28:30-31 | 28:30-31 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. vi)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:1-6**

**[1]At nang kami'y mangakatakas na, nang magkagayo'y napagtalastas namin na ang pulo'y tinatawag na Melita. [2]At pinagpakitaan kami ng hindi karaniwang kagandahang-loob ng mga katutubo: sapagka't sila'y nagsiga, at tinanggap kaming lahat, dahil sa ulan niyaon, at dahil sa ginaw. [3]Datapuwa't pagkapagtipon ni Pablo ng isang bigkis na kahoy at mailagay sa apoy, ay lumabas ang isang ulupong dahil sa init, at kumapit sa kaniyang kamay. [4]At nang makita ng mga barbaro ang makamandag na hayop na nakabitin sa kaniyang kamay, ay nagsabi ang isa sa iba, Walang salang mamamatay-tao ang taong ito, na, bagama't siya'y nakatakas sa dagat, gayon ma'y hindi siya pinabayaang mabuhay ng Katarungan. [5]Gayon ma'y ipinagpag niya ang hayop sa apoy, at siya'y hindi nasaktan. [6]Nguni't kanilang hinihintay na siya'y mamaga, o biglang mabuwal na patay: datapuwa't nang maluwat na silang makapaghintay, at makitang walang nangyari sa kaniyang anoman, ay nangagbago sila ng akala, at nangagsabing siya'y isang diyos.**

**28:1 "At nang kami'y mangakatakas na"** Ito ay ang terminong *sōzō* (cf. 27:31) na may unlaping *dia*. Ito ay ginamit palagi para sa isang tao na makakarating nang ligtas (cf. 23:24; 27:44; 28:1,4). Si Lucas ay ginamit ito para sa pisikal na pagpapagalin sa Lucas 7:3.

Ang AORIST NA BALINTIYAK NA KATAGA ay nagpapakita na si Lucas ay ipinagpapalagay ang kaligtasan bilang pinagkakalob ng Diyos (BALINTIYAK NA TINIG) sang-ayon sa Kanyang salita (cf. 27:21-26).

▣ **"Melita"** Ang mga manlalayag na taga-Fenicia ay tinawag din ang pulong ito na Melita, na isang Cananeong termino na nangahulugang "kanlungan." Sa orihinal, ito ay isang kolonya ng Fenicia. Ito ay matatagpuan sa pagitan ng Sicily at Hilagang Aprica. Ito ay may habang labing-walong milya at lapad na walong milya lamang, ngunit ang kinalalagyan nito ay nagdudulot ng malaking pandaga na pangangalakal na halaga. Ito ay mayroong maraming mabuti mga daungan.

**28:2 "mga katutubo"** Ito sa literal ay "mga barbaro." Ito ay hindi isang mapanirang titulo, ngunit ay karaniwang tumutukoy sa kahit sino na hindi nakakapagsalita ng Griyego o Latin.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"hindi karaniwang kagandahang-loob"** |
| **NKJV, NRSV,** | |
| **NJB** | **"hindi karaniwang kabaitan"** |
| **TEV** | **"lubhang mapagkaibigan"** |

Ang pinatinding parirala ay mayroong terminong *philanthrōpos*, na sa literal ay "mangingibig ng tao" gaya sa 27:3. Ang partikular na pagkalinga at pagtustos na ibinibigay ng mga katutuboay dahil nakita nila ang mahimalang tagpo kay Pablo sa isang serpente sa dalampasigan. Ito, at mahimalang mga mahimalang gawa (cf. vv. 7-10), ang nagbukas ng pintuan para sa pag-e-ebanghelyo! Palaging nasa isipan ni Pablo ang pagtungo sa pamamahayag ng ebanghelyo (cf. I Corinto 9:19-23).

**28:3 "pagkapagtipon ni Pablo ng isang bigkis na kahoy"** Ito ay nagpapakita ng kababaan ng loob ni Pablo. Siya ay gumagawa kasama ang lahat ng kasama. Walang elitismo buhat noong sa daan sa Damasco!

▣ **"isang ulupong. . . kumapit sa kaniyang kamay"** Ang terminong ito ay may pangunahing kahulugan na "ikabit." Ito ay maaaring mangahulugang "isang kagat" o "pumulupot."

**28:4 "ang makamandag na hayop"** Ang terminong ito para sa "hayop" na naging medikong termino para sa makamandag na ahas (cf. 10:12).

▣ **"hindi siya pinabayaang mabuhay ng Katarungan"** "Katarungan" o "Kapalaran" ay ang pangalan ng isa sa kanilang mga diyos. Sila ay nagpapahayag ng kabalintunaan sa pagkakataon, katulad sa Amos 5:19. Ang talatang 6 ay nagpapakita na ang mga katutubong taga-pulo ay mapamahiing maraming diyus-diyosan.

**28:6** Ang mga taga-pulo ay may personal na karanasan sa mga ahas sa pulo. Ang kanilang radikal na pagbabago ng pagtingin ay katulad sa ang paganong pagpuna sa mahimala sa Mga Gawa 14:11-13.

▣ **"mamaga"** Ito ay isa sa maraming medikong mga terminong na ginamit ni Lucas (cf. v. 8). Ito ay matatagpuan lamang dito sa ang NT.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:7-10

**[7]At sa mga kalapit ng dakong yao'y may mga lupain ang pangulo sa pulong yaon, na nagngangalang Publio; na tumanggap sa amin, at nagkupkop sa aming tatlong araw na may kagandahang-loob. [8]At nangyari, nararatay ang ama ni Publio na may-sakit na lagnat at iti: at pinasok siya ni Pablo, at nanalangin, at nang maipatong sa kaniya ang kaniyang mga kamay ay siya'y pinagaling. [9]At nang magawa na ito, ay nagsiparoon naman ang mga ibang maysakit sa pulo, at pawang pinagaling: [10]Kami nama'y kanilang pinarangalan ng maraming pagpaparangal; at nang magsilayag kami, ay kanilang inilulan sa daong ang mga bagay na kinakailangan namin.**

**28:7 "ang pangulo"** Ito salita ay nangangahulugan ng ilang uri ng pangpamahalaang pamunuan, sa literal, "ang una" (cf. 13:50; Lucas 19:47, "ng tao"; 16:12, "ng isang lungsod"). Ito ay mayroong matatagpuan sa dalawang tatak sa pulong ito, isa Griyego at isang Latin. Pinahintulutan ng Roma ang pulong ito ng sariling pamamahala at sa ilang punto, ay lubusang Romanong pagkamamamayan.

**28:8 "nararatay na may-sakit na lagnat at disenteryo"** Ang Melita ay kilala para sa kanyang lagnat na nagmula sa mga mikrobo sa gatas ng kambing.

▣ **"maipatong sa kaniya ang kaniyang mga kamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapataong ng mga Kamay sa 6:6.

**28:9** Kapwa ang MGA PANDIWA ay DI-GANAP, na nagpapahiwatig na paulit-ulit o nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas (MAY PAHIWATIG na PANAGANO). Sila ay patuloy na dumadating. Patuloy na nagpapagaling ang Diyos sa kanila sa pamamagitan ng Pablo.

Ang Griyegong PANDIWA ay nasa likod ng Ingles salin na "gumagaling" ay *therapeuō,* kung saan ang nakuha ang Ingles na "therapy." Ang termino ay maaaring ginamit para sa "paglilingkod" gayundin naman sa "pagpapagaling." Tanging ang partikular na konteksto ang magtatakda ng nararapat na salita.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:11-15

**[11]At nang makaraan ang tatlong buwan ay nagsilayag kami sa isang daong Alejandria na tumigil ng tagginaw sa pulo, na ang sagisag ay Ang Magkapatid na Kambal. [12]At nang dumaong kami sa Siracusa, ay nagsitigil kami roong tatlong araw. [13]At mula doo'y nagsiligid kami, at nagsirating sa Regio: at pagkaraan ng isang araw ay humihip ang timugan, at nang ikalawang araw ay nagsirating kami sa Puteoli; [14]Na doo'y nakasumpong kami ng *ilang* mga kapatid, at kami'y pinakiusapang matira sa kanilang pitong araw: at sa gayo'y nagsirating kami sa Roma. [15]At buhat doo'y pagkabalita ng mga kapatid, ay sinalubong kami sa Pamilihan ng Appio at sa Tatlong Bahay-Tuluyan; na nang sila'y makita ni Pablo, ay nagpasalamat sa Diyos, at lumakas ang loob.**

**28:11 "isang daong Alejandria"** Ito ay ay maaaring isa pang malaking barko ng bulit na pupunta sa Look ng Napoles mula sa Ehipto (cf. 27:6,38).

▣ **"isang tumigil ng tagginaw sa pulo"** Ang Dagat Mediterraneano ay lubhang mabagyo na paglayagan sa panahon ng mga buwan ng tagginaw. Ang mga barko ay muling magbabalik sa huli ng Pebrero o Marso.

▣ **"ang sagisag ay Ang Magkapatid na Kambal"** Ito ay tumutukoy sa kambal na anak ni Zeus, sin Caster at Pollox. Sila ay mga patron ng manlalayag sa Romanong pantheon. Si Poseidon ay pinagkalooban sila ng kapangyarihan at pagpipigil sa hangin, mga alon, at mga bagyo. Ang kanilang natatanging konstelasyon ay Gemini. Tila mayroong ay isang inukit para sa kanila sa pana, dalawang maliliit na tao ng tulad ng duwende.

**28:12 "Siracusa"** Ito ay ang pangunahing lungsod ng Sicily na matatagpuan sa silangang baybayin. Ang daungang ito ay walumpung milya sa hilaga ng Melita.

**28:13 "lumigid"** Ang sinaunang unsyanong mga kasulatan א (Siniaticus), at B (Vaticanus) ay may "pabigat na angkla," na isang teknikal na terminong paglalayag (lubhang katangian ng Lucas), ngunit ibang sinaunang mga kasulatan $P^{74}$, $א^{c}$, at isang may "dumating," tulad ng 16:8.

▣ **"Regio"** Ito ay ang lungsod na nasa timog-kanlurang dulo ng Italya.

▣ **"Puteoli"** Ito ay ang sentro ng pag-aangkat ng butil para sa Roma sa Look ng Napoles. Sila ay naglakbay ng halos 180 milya sa dalawayang araw.

**28:14 "doo'y nakasumpong kami ng mga kapatid"** Mayroong mga nagkakatipong Kristyano sa Italya (cf. v. 15) at Roma na

tinangkilik si Pablo.

**28:15 "Pamilihan ng Appio"** Ito ay ang dulo ng paglalakbay ng lantsa mula sa timog ng Italya at ang simula ng dakilang Romanong lansangan na tinawag na Daan ng Appian. Ito ay apatnapu't-tatlong milya sa Roma.

▣ **"Tatlong Bahay-Tuluyan"** Ito ay isang pahingang paghinto halos tatlumpu't-tatlong milya mula sa Roma.

▣ **"Pablo… lumakas ang loob"** Si Pabloy ay tila muling pinanghihinaan ng loob. Siya ay tila may pagkahilig dito. Si Hesus ay nagpakita sa kaniya sa ganang kaniya nang maraming beses upang palakasin siya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:16

**[16]At nang mangakapasok kami sa Roma, si Pablo ay pinahintulutang mamahay na magisa na kasama ng kawal na sa kaniya'y nagbabantay.**

**28:16 "nang mangakapasok kami sa Roma"** Ito ay hindi ang daan Pablo na inaasahan sa pagdating sa Roma. Ngunit, ito ang paraan ng Diyos upang ihanda si Pablo na masalita sa Romanong pampamahalaan, pang-militar na, at pang-relihiyong mga pinuno.

▣ **"si Pablo ay pinahintulutang mamahay na magisa na kasama ng kawal na sa kaniya'y nagbabantay"** Pablo ay inilagay sa ilalim ng pagdakip sa bahay. Ang patotoo ng namumuno na nagdala sa kaniya ay naging kasangkapan sa kapasyahang ito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:17-22

**[17]At nangyari, na nang makaraan ang tatlong araw ay tinipon ni Pablo yaong mga pangulo sa mga Hudyo: at nang sila'y mangagkatipon na, ay *nagsimula* niyang sinabi sa kanila, Ako, mga kapatid, bagaman wala akong ginawang anoman laban sa bayan, o sa mga kaugalian ng ating mga magulang, ay ibinigay akong bilanggo buhat sa Herusalem sa mga kamay ng mga taga Roma: [18]Na, nang ako'y kanilang masulit na, ay ibig sana nila akong palayain, sapagka't wala sa aking anomang kadahilanang marapat sa kamatayan. [19]Datapuwa't nang magsalita laban dito ang mga Hudyo, ay napilitan akong maghabol hanggang kay Cesar; hindi dahil sa mayroon akong anomang sukat na maisakdal laban sa aking bansa. [20]Sanhi sa dahilang ito tinawag ko kayo upang makipagkita at makipagusap sa akin: sapagka't dahil sa pagasa ng Israel ay nagagapos ako ng tanikalang ito. [21]At sinabi nila sa kaniya, Kami'y hindi nagsitanggap ng mga sulat na galing sa Judea tungkol sa iyo, ni naparito man ang sinomang kapatid na magbalita o magsalita ng anomang masama tungkol sa iyo. [22]Datapuwa't ibig naming marinig sa iyo kung ano ang iyong iniisip: sapagka't tungkol sa sektang ito'y talastas naming sa lahat ng mga dako ay laban dito ang mga salitaan.**

**28:17 "tinipon ni Pablo yaong mga pangulo sa mga Hudyo"** Ito ay pamantayang pamamaraan ni Pablo (cf. Roma. 1:16; 2:9). Ipinaliwanag niya ang kanyang pangkasalukuyang kalalagayan at binuksan ang pintuan para sa isang ebanghelyo pagpapakilala.

**28:18-19** Dito muling maliwanag na makikita ang apolohetikong layunin ni Lucas! Ang Kristiyanismo ay hindi isang banda sa Romanong pamahalaan.

**28:19 "magsalita laban dito ang mga Hudyo"** Ang pariralang ay tila di karaniwang isinawika ng Hudyong mga pinuno sa Roma. Si Lucas ay ginagamit ang *Ioudaios* (mga Hudyo) sa dalawang mga kaunawaan.

1. pagkamakabansa – 2:5,11; 9:22; 10:22,28; 11:19; 13:56; 14:1; 16:1,3,20; 17:1; 17:10,17; 18:2,4,5,19; 19:10,17,34; 20:21; 21:21,39; 22:3,12; 24:5,9; 24:24,27; 25:8,9,24; 20:7; 28:17
2. silang may kaalaman ng saksing nakakita sa huling linggo ng buhay ni Hesus – 2:15; 10:39

Ginamit niya ito sa iba't-ibang mga pagsusulit.

1. sa isang salungat na kaunawaan – 9:23; 12:3,11; 13:45,50; 14:2,4,5,19; 17:5,13; 18:12,14,28; 19:13,14,33; 20:3,19; 21:11,27; 22:30; 23:12,20,27; 24:19; 25:2,7,10,15; 26:2,21; 28:19
2. sa isang paayong kaunawaan – 13:43; 14:1; 18:2,24; 21:20

Maaaring ang pinakamainam na teksto sa Mga Gawa na nagpapakita ang iba't-ibang mga kahulugan ng terminong ito ay 14:1-2.

**28:20 "dahil sa pagasa ng Israel"** Ipinapahayag ito ni Pablo sa mga pinunong Hudyo na isang paraan na makakapagtatag ng isang pakikipag-ugnayan sa mga nakikinig sa kanya. Sinubukan niyang hanapin ang karaniwang saligan sa mga pinunong Hudyong sa "pag-asa ng Israel." Para kay Pablo, ang tinutukoy na si Hesus, para sa kanila, ang Ipinangakong Darating, ang Mesias o maaaring ang muling pagkabuhay!

**28:21** Ang pgkakulang ng impormasyon patungkol kay Pablo ay nakakataka sa liwanag ng ministeryo ni Pablo sa tatlong pangmisyon paglalakbay at ang mga pangyayari at mga usap-usapan sa Herusalem.

**28:22** Ito ay maliwanag na ang balita patungkol kay Hesus ay lumalaganap at maraming ang tumutugon sa ebanghelyo. Sa Hudyong mga pangkat ito ay hindi mabuting balita! Subalit, ang mga pinunong Hudyong mga pinuno ay pumayag na bigyan si Pablo ng isang isang pagdinig.

▣ **"sektang ito"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Hesus ang Nazareno sa 2:22.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:23-29

**[23]At nang mataningan na nila siya ng isang araw, ay nagsiparoon ang lubhang marami sa kaniyang tinutuluyan; at sa kanila'y kaniyang ipinaliwanag ang bagay, na sinasaksihan ang kaharian ng Diyos, at sila'y hinihikayat tungkol kay Hesus, sa pamamagitan ng kautusan ni Moises at gayon din sa pamamagitan ng mga propeta, buhat sa umaga hanggang sa gabi. [24]At ang mga iba'y nagsipaniwala sa mga bagay na sinabi, at ang mga iba'y hindi nagsipaniwala. [25]At nang sila'y hindi mangagkaisa, ay *nagsimulang* nangagsialis pagkasabi ni Pablo ng isang *pamamaalam na* salita, Mabuti ang pagkasalita ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng propeta Isaias sa inyong mga magulang, [26]Na sinasabi, PUMAROON KA SA BAYANG ITO, AT SABIHIN MO, SA PAKIKINIG AY INYONG MAPAPAKINGGAN, AT SA ANOMANG PARAA'Y HINDI NINYO MAPAGUUNAWA; AT SA PAGTINGIN AY INYONG MAKIKITA, AT SA ANOMANG PARAA'Y HINDI NINYO MAMAMALAS: 27SAPAGKA'T KUMAPAL ANG PUSO NG BAYANG ITO, AT MAHIRAP NA MAKARINIG ANG KANILANG MGA TAINGA, AT KANILANG IPINIKIT ANG KANILANG MGA MATA; BAKA SILA'Y MANGAKAKITA NG KANILANG MGA MATA, AT MANGAKARINIG NG KANILANG MGA TAINGA, AT MANGAKAUNAWA NG KANILANG PUSO, AT MULING MANGAGBALIK-LOOB, AT SILA'Y AKING PAGALINGIN. [28]Maging hayag nawa sa inyo, na ang kaligtasang ito ng Diyos ay ipinadala sa mga Gentil: sila'y makikinig naman. [29][At nang masabi na niya ang mga salitang ito'y nagsialis ang mga Hudyo, at sila-sila'y nangagtatalong mainam.]**

**28:23** "**nagsiparoon. . . ang lubhang marami. . . buhat sa umaga hanggang sa gabi"** Ipinapaliwanag ni Pablo ang Kristyanong pananampalataya sa mga Hudyong ito buong araw! Anong isang kamangha-manghang pagkakataon.

▣ **"ang kaharian ng Diyos"** Ito ay ang pinakamahalagang paksa ng pangangaral at pagtuturo (mga parabula) kay Hesus. Ito ay isang kasalukuyang katotohanan sa mga pamumuhay ng mga mananampalataya at isang panghinaharap na kapuspusan ng paghahari ng Diyos sa lahat ng nalugmok sa sanlibutan (cf. Mateo 6:10). Ang pariralang ito ay maliwanag na hindi kaugnay sa Israel lamang, ngunit ito ay isang integral na bahagi ng pag-asa ng Israel (cf. v. 20). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **"sa pamamagitan ng kautusan ni Moises at gayon din sa pamamagitan ng mga propeta"** Ito ay dalawa sa tatlong mga bahagi ng Hebreong canon (tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:15 at ang tala sa 24:14) na tumatayo para sa buong OT (cf. Mateo 5:17; 7:12; 22:40; Lucas 16:16; 24:44; Mga Gawa 13:15; 28:23). Ang metodolohiya ni Pablo (Kristolohikong tipolohiya at mahuhulaang propesiya) ay nagtatakda ang OT mga teksto na alinsunod sa buhay ni Hesus.

**28:24** Ito ay nagpapahayag ng hiwaga ng ebanghelyo. Bakit ang ilang ay nananampalataya at ang ilan ay hindi ay hiwaga ng isang makapangyarihang Diyos at malayang pagpili ng tao.

Sa isang kaunawaan, ang ministeryo ni Pablo sa mga Hudyong pinuno sa Roma ay isang maliit na mundo ng ministeryo ni Pablo. Una niya itong ibinahagi sa mga Hudyo. Ibinahagi niya ang katuparan ni Hesus sa OT Banal na Kasulatan. Ang ilang ay nanampalataya, ngunit ang karamihan ay hindi. Ito rin, ay hinulaan sa OT (cf. Isaias 6:9-10).

**28:25-27 "Mabuti ang pagkasalita ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng propeta Isaias"** Ito ay nagpapahayag ng pananaw ni Pablo sa hiwaga ng kawalang pananampalataya ng Israel! Ang sipi sa mga talata 26-27 ay mula sa Isaias 6:9-10. Ginagamit ni Hesus ang talatang ito kadalasang sa kawalan ng pananampalataya ng tao (cf. Mateo 13:14-15; Marcos 4:12; Lucas 8:10; Juan 12:39-40). Sa panahong ito, naisulat na ni Pablo ang Roma 9-11 (bakit tinanggihan ng Israel ang kanyang Mesias?). Ang Irael ng OT ay hindi/hindi rin nanampalataya ng lubusan. Mayroong natira sa pananampalataya, ngunit ang karamihan ay walang pananampalataya.

## NATATANGING PAKSA: ANG NATIRA, TATLONG KAUNAWAAN

Ang konsepto ng OT ng "isang natirang matapat" ay isang paulit-ulit na paksa ng mga Propeta (karamihan ay sa ika-walong siglong mga propeta at si Jeremias). Ito ay ginamit sa tatlong kaunawaan:

1. sila na nakaligtas sa pagkatapos (e.g., Isaias 10:20-23; 17:4-6; 37:31-32; Jeremias 42:15,19; 44:12,14,28; Amos 1:8)
2. sila na nanatiling matapat kay YHWH (e.g., Isaias 4:1-5; 11:11,16; 28:5; Joel 2:32; Amos 5:14-15; Mikas 2:12-13; 4:6-7; 5:7-9; 7:18-20)
3. sina na bahagi ng panghinaharap na pagbabago at muling paglilikha (e.g., Amos 9:11-15)

Sa kontekstong ito, ang Diyos ay pumipili (silang may matapat na kasigasigan) sa mga natira (mga nakaligtas sa Pagpapatapos) upang bumalik sa Judah. Katulad ng nakita natin bago ang kabanatang ito, ang mga paksa ay mula sa nakalipas ng Israel na umuulit (v. 6). Ang Diyos ay nagbabawas ng bilang upang Kanyang maipakita ang Kanyang kapangyarihan, pagtustos, at pagkalinga (e.g., Gideon, Mga Hukom 6-7).

**28:28 "na ang kaligtasang ito ng Diyos ay ipinadala sa mga Gentil"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Mga Awit 67, lalo na v. 2. Ang pandaigdigang aspeto ng Kristiyanismo ay ang nagdulot ng kaguluhan sa Herusalem at ay isang nagpapatuloy suliranin para sa maraming mga Hudyo. Ito ay lohikong mula sa Genesis 1:26,27; 3:15; 12:3. Ito ay hinulaan sa Isaias, Mikas, at Jonas. Ito ay maliwanag bilang eternal na plano ng Diyos sa Efeso 2:11-3:13! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:8.

▣ **"sila'y makikinig naman"** Ito ay ang katotohanan ng Roma 9-11. Tinanggihan ng mga Hudyo ang Mesias dahil Siya ay hindi umaakma sa kanilang mga naasahan at dahil ang ebanghelyo ang nagbukas ng pintuan ng pananampalataya sa lahat tao.

Ang tunay na isyu sa NT ay hindi ang Hudyo laban sa Hentil, ngunit mananampalataya laban sa di-mananampalataya. Ang isyu ay hindi sino ang iyong ina, ngunit ang iyo bang puso ay bukas sa Espiritu ng Diyos at Anak ng Diyos?!

**28:29** Ang talatang ito ay tinanggal sa ang sinaunang Griyegong mga kasulatan $P^{74}$, א, A, B, at E. Ito ay hindi makikita sa kahit-anong Griyegong kasulatang bago sa P, na naisulat noong ika-anim na siglo A.D. Ang $UBS^4$ ay inaantasan ang pagtatanggal bilang "A" (tiyak).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 28:30-31

**[30]At tumahan si Pablo na dalawang taong ganap sa kaniyang tahanang inuupahan, at tinatanggap ang lahat ng sa kaniya'y nagsisipagsadya, [31]Na ipinangangaral ang kaharian ng Diyos, at itinuturo ang mga bagay na nauukol sa Panginoong Hesukristo ng buong katapangan, wala sinomang nagbabawal sa kaniya.**

**28:30 "dalawang taong ganap"** Ito ay maaaring

2. ang karaniwang yugto ng panahon kinakailangan upang makita si Cesar
3. ang panahon kinakailangan upang makakuha ng bagong kasulatan mula kay Festo
4. ang inuutos na yugto ng pag-iisip para sa mga saksi mula sa Asya o Herusalem
5. sarado sa legal kautusan ng mga hangganan

Ito ay sa panahong sinulat ni Pablo ang kanyang mga liham sa bilangguan (Colosas, Efeso, Filemon, at Filipos).

▣ **"sa kaniyang tahanang inuupahan"** Si Pablo ay may ilang pinanggagalingan ng kita.

1. siya ay gumawa ng mga tolda o gumawa ng yari sa balat
2. siya ay tinulungan ng mga iglesiya (Tesalonica at Filipos)
3. siya may ilang minanang puhunan

▣ **"tinatanggap"** Madalas gamitin ni Lucas ang terminong ito na may kahulugan "taus-pusong pagtanggap" (cf. 18:27; 28:30 at *paradechōmai* sa 15:4). Ito ay ginamit ng karamihan ng taong sumalubong kay Hesus sa Lucas 8:40 at 9:11. Ito ay ginamit na pagtanggap sa ebanghelyo na ipinangaral ni Pedro sa Mga Gawa 2:41.

▣ **"ang lahat ng sa kaniya"** Ito ay ang suliranin. Ang ebanghelyo ni Pablo ay may isang pandaigdigang pag-abot. Ito ay "mabuting balita" para sa lahat ng mga tao, hindi lamang sa mga Hudyo!

**28:31 "ipinangangaral. . . itinuturo"** Ang sinaunang iglesiya pagkatapos ng mga apostol ay gumawa ng isang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang paraan na ito ng paghahayag ng katotohanan. Ang katawan ng mga pangangaral na nakatala sa Mga Gawa (Pedro, Esteban, Pablo) ay tinawag na *Kerygma* (pamamahayag, cf. 20:25; 28:31; Roma. 10:8; Galacia 2:2; I Corinto 9:27; II Timoteo 4:2), habang ang pagtuturo ni Hesus na ipinaliwanag sa mga Sulat ay tinawag na ang *Didache* (teaching, cf. 2:42; 5:28; 13:12; Roma. 16:17; I Corinto 14:20).

▣ **"ang kaharian ng Diyos"** Ito ay ang paksa ng pangangaral ni Hesus. Ito ay tumutukoy sa paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao na sa tinakdang araw ay magkakaroon ng kapuspusan sa mundo gaya din naman sa langit. Ang talatang ito din ay nagpapakita na ang paksa ay hindi lamang para sa mga Hudyo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **"ang Panginoon"** "Panginoon" ay ang salin na ng ang Hebreong terminong *adon*, na nangahulugang "may-ari, asawang lalaki

amo, o panginoon" (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 1:6). Ang mga Hudyo ay natatakot na bigkasin ang banal na pangalan ni YHWH na baka nila ito magamit sa walang kabuluhan at malabag ang isa sa Sampung Utos. Kapag sila ay nagbabasa ng Banal na Kasulatan, pinapalitan nila ng *Adon* ang para kay YHWH. Ito ang dahilan kung bakit ang ating Ingles na mga salin ay ginagamit ang lahat na malalaking titik naPANGINOON para sa YHWH sa OT. Sa pamamagitan ng pagsasalin ng titulong ito (*kurios* sa Griyegong) kay Hesus, ang NT may-akda ay nagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos at pagka-katumbas sa Ama.

▣ **"Hesus"** "Hesus" ay ang pangalang ibinigay sa sanggol sa Bethlehem sa pamamagitan ng ang anghel (cf. Mateo 1:21). Ito ay binubuo ng dalawa Hebreong panggalan: "YHWH," ang kasunduang pangalan para sa pagka-Diyos, at "kaligtasan" (i.e., Osea). Ito ay ang katulad ng Hebreong pangalan gaya ng Josue. Kapag ginagamit ng mag-isa, ito kadalasang nagpapakilala ng tao, si Hesus ng Nazareth, anak ni Maria (e.g., Mateo 1:16, 25; 2:1; 3:13,15,16).

▣ **"Kristo"** "Kristo" ay ang Griyegong salin na Hebreong *Mesias* (i.e., isang Pinili, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:31). Ito ay nagpapahayag na ang OT titulo ni Hesus bilang pangako ni YHWH na Isang Singuo ay nagtatakda ng bagong panahon ng katuwiran.

▣
**NASB "buong katapangan, wala sinomang nagbabawal sa kaniya"**
**NKJV "may buong pag-asa, walang nagbabawal sa kaniya"**
**NRSV "na may buong katapangan at walang pagbabawal"**
**TEV "pagsasalita ng mga buong tapang at kalayaan"**
**NJB "na may ganap na kawalang-takot at walang paghahadlang mula sa kaninuman"**

Ang talatang ito ay nagpapakita na ang Romanong awtoridad ay hindi ipinagpapalagay na ang Kristiyanismo na mapanghimagsik o mapanganib. Ang Griyegong teksto ay nagtatapos sa PANG-ABAY "walang pumipigil" o "walang sumasalangsan." Ito ay ay tila nagbibigay-diin sa nagpapatuloy kalikasan ng gawain ng pamamahayag at ang kapangyarihan ng Espiritu.

Maraming ang ipinagpapalagay na, batay sa paggamit ng Mga Gawa 1:1 na "una," na nagpapahiwatig na mahigit sa dalawa, na si Lucas ay nagpaplano na magsulat ng pangatlong tomo. Ang ilan ay nag-iisip na ang pangatlong tomo na ito ay maaaring ang mga Sulat Pastoral (I Timoteo, II Timoteo at Tito).

Para sa Griyegong terminong (*parrhēsia*), na isinaling "katapangan" ng NASB, tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:29.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit natapos ang Mga Gawa na si Pablo ay nasa kulungan pa rin? Bakit natapos ito nang lubhang biglaan?
2. Bakit lubhang nagtagal si Lucas sa paglalarawan ng paglalakbay ni Pablo at pananatili sa Roma?
3. Bakit palagiang sinusubukan ni Pablo na magpatotoo muna sa mga Hudyo?
4. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng ang *Kerygma* at *Didache*.

# DAGDAG NA DAHON ISA

## MGA MAIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANG-GRAMATIKONG SALITA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
   1. Naganap na = AORIST
   2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
   3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
   4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
   5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
   6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

   Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
   1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)
   2. GANAP – "ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy" (cf. Efeso 2:5,8)
   3. PANGKASALUKUYAN – "inililigtas" (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
   4. PANGHINAHARAP – "ay ililigtas" (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan "walang mga pagarbo" na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular "di-tiyak," "di-markado," o "walang hudyat" na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?
   1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, "kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas").
   2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 "si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas."
   3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, "Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala." "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala."
   4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, "Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem" o "nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya."
   5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, "Mapapalad ang mga. . . nila ang. . ."

## II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:
1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:
1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 "binitay ang sarili."
2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 "si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan."
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 "At sila'y sangagsanggunian."

## III. PANAGANO (O "MODA")

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito <u>lamang</u> ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag

ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito’y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito’y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG O PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay

nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
   1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA "upang maging" o "maging."
   2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."
   3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."
   4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
   5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng ."
   6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
   7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
   8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).
   1. Panahunang PANG-UGNAY
      a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – "kailan"
      b. *heōs* – "habang"
      c. *hotan, epan* (PAS.) – "kapag"
      d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – "hanggang"
      e. *priv* (PAW.) – "bago"
      f. *hōs* – "mula pa," "kapag," "habang"

2. Lohikal na PANG-UGNAY
    a. Layunin
        (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – “upang ang,” “na ang”
        (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS)
            – “na ang”
        (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – “na ang”
    b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
        (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– “upang ang,” “kaya”
        (2) *hiva* (PAS.) – “nang sa gayon
        (3) *ara* – “kaya”
    c. Pansanhi o dahilan
        (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – “para,” “sapagkat”
        (2) *dioti, hotiy* – “sapagkat”
        (3) *epei, epeid*s, *hōs* – “dahil sa”
        (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – “sapagkat”
    d. Imperensiyal
        (1) *ara, poinun, hōste* – “samakatuwid”
        (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – “sa kung aling salaysay,” “sa gayon,” “samakatuwid”
        (3) *oun* – “samakatuwid,” “kaya,” “kung gayon,” “dahil dito”
        (4) *toinoun* – “nang naaalinsunod”
    e. Kasalungat o pagkakaiba
        (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – “ngunit,” “maliban”
        (2) *de* – “ngunit,” “gayunman,” “muna,” “sa kabilang dako”
        (3) *kai* – “ngunit”
        (4) *mentoi, oun* – “gaynman”
        (5) *plēn* – “higit kailanman” (karamihan sa Lucas)
        (6) *oun* – “gayunman”
    f. Paghahambing
        (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
        (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
        (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
        (4) *ē* – “kaysa”
    g. Nagpapatuloy or serye
        (1) *de* – “at,” “ngayon”"
        (2) *kai* – “at”
        (3) *tei –“at”*
        (4) *hina, oun* – “ns”
        (5) *oun* – “kung gayon” (sa Juan)
3. Mariin na mga pagkakagamit
    a. *alla* – “katiyakan,” “o,” “sa katotohanan”
    b. *ara* – “talaga,” “tiyak,” “totoo”
    c. *gar* – “ngunit talaga,” “tiyak,” “talaga”
    d. *de* – “talaga”
    e. *ean* – “kahit na”
    f. *kai* – “kahit na,” “talaga,” “totoo”
    g. *mentoi* – “talaga”
    h. *oun* – “totoo,” “sa anomang paraan ”

## VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang " kung." Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa " dahil sa" (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. "Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan" (Lucas 7:39)
2. "Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat." (Juan 5:46)
3. "Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo." (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa "kung" na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

## VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . ." (Mateo 6:19); "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . ." (Mateo 6:25); "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . ." (Roma 6:13); "huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . ." (Efeso 4:30); at "huwag kayong magsipaglasing ng alak. . ." (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa "huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos." Ilang mga halimbawa: "Huwag ninyong isiping. . ." (Mateo 5:17); "Kaya huwag kayong mangabalisa. . ." (Mateo 6:31); "Huwag mo ngang ikahiya. . ." (II Timoteo 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. "Hindi kailanman, kailanma'y hindi" o "hindi sa ilalim ng anomang kalagayan." Ilang mga halimbawa: "hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan" (Juan 8:51); "kailan man ay hindi. . ." (I Corinto 8:13).

IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY "ang" ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa "isang panturo" isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
   1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
   2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
   3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: "Ang Diyos ay Espiritu" (Juan 4:24); "Diyos ay ilaw" (I Juan 1:5); "Ang Diyos ay pag-ibig" (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles "a" o "isang." Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
   1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
   2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
   1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
      a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
      b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
      c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
   2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:

a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
   (1) PANDIWA
   (2) SIMUNO
   (3) KAPUPUNAN
b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
   (1) PANDIWA
   (2) SIMUNO
   (3) LAYON
   (4) INDIREKTANG LAYON
   (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
   (1) PANGNGALAN
   (2) PANURING
   (3) PANG-UKOL NA PARIRALA

3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
   a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
   b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
   c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
   1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
   2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
      a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
      b. Juan 14:1 (bagong paksa)
      c. Roma 9:1 (bagong seksyon)
      d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
   3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
   4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
      a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
      b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).
      c. Mga Talinghaga
         (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
         (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
         (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)

(4) ironya (Galacia 5:12)
(5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
(6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
(a) "iglesya"
(i) "iglesya" (Efeso 3:21)
(ii) "pagkakatawag" (Efeso 4:1,4)
(iii)"tinawag" (Efeso 4:1,4)
(b) "malaya"
(i) "malayang babae" (Galacia 4:31)
(ii) "kalayaan" (Galacia 5:1)
(iii)"malaya" (Galacia 5:1)

d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
(1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
(2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
(3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
(4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isa. 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at19 ipakita.

5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
a. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
b. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
a. *The American Standard Version* of 1901
b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

## TEKSTWAL NA KRITISISMO

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
   B. Bagong Tipan

II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."

III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
      2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa " Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
      3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
      4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
         a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
            (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
            (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
               (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
               (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
         b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
            (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."
         c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
            (1) LXX & DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siya'y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan"

(2) MT, “Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan”

B. Bagong Tipan

1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.
3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang “ang Alexandrian Teksto”na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang “A” o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang “B” o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa “ang Alexandrian Teksto” na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang “C” o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang “D” o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na “Ang Kanluraning Teksto.” Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
      (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
      (2) sipi mula kay Irenaeus

(3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
(4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.

c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
(1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
(2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadoceans, Chrysostom, at Therodoret
(3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
(4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT

d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
(1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
(2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."

A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw

1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa

a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
(1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
(2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)

b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita

c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.

2. intensyonal

a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata

b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)

c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)

d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)

1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa

5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
   a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68:
      "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na ortodoks o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
   b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."

      Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliyale." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga suliraning pang-Kasulatan (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga suhestyong pinagkukunan para sa mas higit pang pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual*, ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO
# LUMANG TIPANG MGA MAKASAYSAYANG SALAYSAY

I. Panimulang mga Pananalita
   A. Ang relasyon sa pagitan ng OT at ibang mga paraan sa pag-uulat mga pangyayari
      1. Ibang sinaunang Near Eastern na panitikan ay mitolohiko
         a. politiyestiko (madalas makataong mga diyos na nagpapakita ng mga kapangyarihan ng kalikasan ngunit gumagamit ng interpersonal na mga hidwaang mga paksa)
         b. Batay sa mga siklo ng kalikasan (kamatayan ang pagsibol ng mga diyos)
      2. Greko-Romano ay para sa pag-aaliw at pagpapalakas ng loob kaysa sa pagtatala ng makasaysayan mga pangyayari per se (Homer sa maraming mga paraan ay nagpapakita ng Mesopotamiang mga paksa)
   B. Posibleng ang gamit ng tatlong German na mga termino ay nagpapakita ng pagkakaiba sa mga tipo o mga depinisyon ng kasaysayan
      1. "Historie," ang pagtatala ng mga pangyayari (lantad na mga katotohanan)
      2. "Geschichte," ang interpretasyon ng mga pangyayari na nagpapakita ng kanilang kahalagahan sa sangkatauhan
      3. "Heilsgeschichte" tumutukoy ng natatagi sa pagtutubos na plano ng Diyos at aktibidad sa loob ng makasaysayang proseso
   C. Ang OT at NT na mga salaysay ay mga "Geschichte" na nagdadala sa isang pagkakaunawa ng Heilgeschichte Sila ay mga pinili na may pagkakakiling na teolohikal sa mga makasaysayan mga pangyayari
      1. piniling mga pangyayari lamang
      2. ang kronolohiya ay hindi kasing halaga ng sa teolohiya
      3. mga pangyayari ay nakibahagi sa ipinahayag na katotohanan
   D. Ang salaysay ay ang pinaka karaniwang dyanra sa OT. Tinatyansa na mahigit sa 40% ng OT ay salaysay. Samakatuwid, ang dyanra na ito ay makakatulong sa Espiritu na ipagbigay-alam ang mensahe at karakter ng Diyos sa makasalanang sangkatauhan. Ngunit, ito ay nangyari na, hindi pangproposisyon (gaya ng sa sulat ng NT), ngunit sa pamamagitan ng pagpapahiwatig, pagbabbalangkas o ilang mga diyalogo/monologo. Dapat na itanong ng sinoman bakit ito naitala. Ano ang nais na ipagbigay-diin nito? Ang ang teolohikal na layunin nito?

      Hindi ito sa anomang paraan ay upang mapababa ang kasaysayan. Ngunit, ang kasaysayan ay tagapaglinggkod at daanan ng kapahayagan.

II. Biblikal na mga Salaysay
   A. Ang Diyos ay aktibo sa Kanyang mundo. Ang mga kinasihang mga may-akda ng Bibliya ay pinili ang mga tiyak na mga pangyayari upang ipahayag ang Diyos. Ang Diyos ay ang pangunahing karakter ng OT.
   B. Ang bawat salaysay ay gumaganap sa ilang mga paraan:
      1. Sino ang Diyos at ano ang Kanyang ginagawa sa Kanyang mundo
      2. Ang sangkatauhan ay ipinahayag sa pamamagitan ng pakikitungo ng Diyos sa mga indibidwal at pangbansang kaluponan
      3. Bilang halimbawa partikular na tignan ang militar na tagumpay ni Josue na kadugtong sa tipanang pagsasagawa (cf. 1:7-8; 8:30-35).
   C. Madalas ang mga salaysay ay pinagtatali ng magkasama upang gumawa ng mas malaking pampanitikang yunit na nagpapahayag ng iisang teolohikal na katotohanan.

III. Mga pakahulugang prinsipyo ng mga OT salaysay

A. Ang pinakamainam na talakayan na aking nakita patungkol sa pag-iinterpret sa OT na mga salaysay ay kay Douglas Stuart sa *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 83-84

1. Ang OT na salaysay ay madalas ay hindi direktang nagtuturo ng doktrina.
2. Ang OT salaysay ay madalas naglalarawan ng isang doktrina o mga doktrina na itinuro ng iminumungkahi sa ibang lugar.
3. Ang mga salaysay ay natala ng kung ano ang nangyari—hindi kinakailangan kung ano ang dapat na mangyari o ano ang dapat mangyari sa bawat pagkakataon. Samakatuwid, hindi bawat salaysay ay may indibidwal na makikilalang moral ng kwento.
4. Ano man ang ginagawa ng mga tao sa mga salaysay ay hindi kinakailangang magandang halimbawa para sa atin. Kadalasan, ito ay ang kabaligtaran.
5. Karamihan sa mga karakter ng OT na mga salaysay ay napakalayo mula sa pagiging ganap, at ganun din ang kanilang mga aksyon
6. Hindi tayo laging pinagsasabihan sa huli ng salaysay kung ang nangyari ba ay mabuti o masama. Tayo ay inaasahan na may kakayanang manghusga batay sa kung ano ang naituro ng Diyos sa atin ng direkta at may kategorya sa saan mang bahagi ng Kasulatan.
7. Lahat ng mga salaysay at selektibo at di-kompleto. Hindi lahat ng mga may kaugnayang mga detalye ay laging ibinigay (cf. Juan 21:25). Anomang lumitaw sa salaysay ay lahat ng bagay ng ang kinasihang may-akda na nasa isip niya ay mahalaga na malaman natin.
8. Ang mga salaysay hindi isinulat upang sagutin ang lahat ng ating mga teolohikal na mga katanungan. Sila ay may partikular, espisipiko, limitadong mga layunin at tumalakay sa ilang mga isyu, na nag-iiwan sa iba na talakayin, sa ibang mga paraan.
9. Ang mga salaysay ay maaring magturo ng alinman ng hayagan (sa pamamagitan ng malinaw na pagsasaad ng isang bagay) o di-hayagan (sa pamamagitan ng pagpapahiwatig ng isang bagay ng walang aktuwal na pagsasaad nito).
10. Sa huling pag-aanalisa, ang Diyos ay ang bayani ng lahat ng biblikal na mga salaysay.

B. Isang mabuting talakayan sa pag-iinterpret ng mga salaysay ay kay Walter Kaiser na *Toward Exegetical Theology*.

> "Ang natatangin aspeto ng mga porsyon ng salaysay sa Kasulatan ay ang mga manunulat ay madalas ay pinahihintulutan ang mga salita at aksyon ng mga tao sa salaysay upang iparating ang pangunahing puwersya ng kanyang mensahe. Kaya, sa halip na sinasabi sa atin sa pamamagitan ng direktang pananalita, gaya ng matatagpuan sa doktrinal, katuruan na bahagi ng Kasulatan, ang manunulat ay may pagkiling na nanatili sa parang kinaligiran ng napakalayo sa direktang pagtuturo o magpahusgang mga pananalita ang mahalaga. Samakatuwid, ito ay nagiging kritikal na mahalaga na malaman ang mas malaking konteksto sa salaysay ang tumutugma at ang magtanong kung bakit ang may-akda ay gumamit ng partikular na mga seleksyon ng mga pangyayari sa nakapatumpak na pagkakasunod-sunod na pinaglayan sa kanila. Ang kambal na palatandaan sa kahulugan ngayon ay ang *pagsasaayos* ng mga episodyo at *seleksyon* ng mga detalye mula sa isang marahas na paggalaw ng posibleng talumpati, mga tao, o mga episodyo. Higit pa, ang banal na reaksyon sa at pagtyatyanta sa mga tao na ito at sa mga pangyayari ay dapat na madalas na madetermina mula sa paraa na ang may-akda ay nagpahintulot sa isang tao o sa isang grupo ng mga tao upang tumugon sa sukdulan ng piniling sekwensya ng mga pangyayari; yan ay, kung hindi niya ginambala ang salaysay upang ibigay ang kanya (sa pagkakataon na ito, ang Diyos) pagtyatyanta ng Diyos sa kung ang nangyari" (p. 205).

C. Sa mga salaysay ang katotohanan ay matatagpuan sa buong pampanitikang yunit at

hindi sa mga detalye. Mag-ingat sa pruwebang-teksto o paggamit ng OT mga salaysay bilang pamarisan sa iyong buhay.

IV. Dalawang mga lebel ng interpretasyon

A. Ang pagtutubos ni YHWH, nagpapahayag na mga akto ng mga binhi ni Abraham

B. Ang kalooban ni YHWH para sa bawat buhay ng mga mananampalataya (sa bawat panahon)

C. Ang una ay nakapokus sa "pagkilala sa Diyos (kaligtasan); ang ikalawa ay sa paglilingkod sa Kanya (ang Kristyanong pamumuhay ng pananampalataya, cf. Roma 15:4; I Corimto10:6,11).

# DAGDAG NA DAHON APAT

## TALAHULUNGANAN

**Adoptionism (Adopsyonismo)**. Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang "anak" Niya (cf. Roma 1:4; Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

**Alexandrian School (Paaralang Alexandriano)**. Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, "*Has The Church Misread The Bible?*" (Academic, 1987)

**Alexandrinus (Alexandrino)**. Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang "A", at ang manuskritong pinangalanan bilang "B" (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

**Allegory (Alegorya o Talinghaga)**. Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espiritwal na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

**Analytical lexicon (Analytical Lexicon)**. Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang

hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

**Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan)**. Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

**Ambiguity (Walang Katiyakan)**. Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

**Anthropomorphic (Antropomorpiko)**. Nangangahulugan na "mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao." Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa "sangkatauhan." Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

**Antiochian School (Paaralan sa Antioch)**. Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Iglesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

**Antithetical (Antithetical)**. Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos13, II Thesalonica 2 at Pahayag.

**Apologist (Apologetics)**. Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa "pananggol na legal" ("legal defense"). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

***A priori (A priori)***. Kasingkahulugan nito ang katawagang "pagpapalagay" o "palagay." Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

**Arianism (Aryanismo)**. Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni't hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

**Aristotle (Aristotle)**. Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho , kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

**Autographs (mga Autograp)**. Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

**Bezae (Bezae)**. Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang "D." Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa "Textus Receptus," ang pangunahing manuskrito na Griego na nasa likod ng King James Versión.

**Bias (Pagkiling)**. Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

**Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya)**. Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

**Canon (Kanon)**. Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

**Christocentric (Christocentric)**. Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

**Commentary (Komentaryo)**. Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

**Concordance (Concordance)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark's *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

**Dead Sea Scrolls** (**Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat).** Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

**Deductive (Pangangatuwiran)**. Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

**Dialectical (Dialektiko)**. Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

**Diaspora (Diaspora)**. Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang

handandangan ng Ipinangakong Lupain.

**Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas)**. Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "*Introduction to the TEV*."

**Eclectic (Eklektiko)**. Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

**Eisegesis (Eisegesis)**. Ito ang salungat ng "exegesis." Kung ang "exegesis" ay ang "tulungang palabasin" ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang "pagtulong paloob" ng isang banyagang ideya o pananaw.

**Etymology (Etimolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

**Exegesis (Exegesis)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay "tulungang palabasin" (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

**Genre (Genre)**. Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

**Gnosticism (Nostisismo)**. Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espirito ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espirito, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa

mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

**Hermeneutics (Hermenyotiko)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

**Idiom (Kataga o Idyoma)**. Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman s asa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: "katakot-takot ang ganda noon" o "alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa)." Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

**Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon)**. Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw)**. Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

**Interlinear (Interlinear)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito.Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa "analytical lexicon," ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

**Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon)**. Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-

kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Language of Description (Wika ng Paglalarawan)**. Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

**Legalism (Legalismo)**. Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

**Literal (Literal)**. Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

**Literary Genre (Pampanitikang Genre)**. Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

**Literary Unit (Pampanitikang Yunit)**. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

**Lower Criticism (Mababang Kritisismo)**. Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

**Manuscript (Manuskrito o Kasulatan)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

**Masoretic Text (Masoretic Text)**. Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-*daglat* bilang "MT".

**Metonymy (Metonimi)**. Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

**Muratorian Fragments (Muratorian Fragments)**. Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

**Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan)**. Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at Roma 1-2. ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

**Nestorianism (Nestoryanismo)**. Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

**Original Author (Orihinal na May-akda)**. Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

**Papyri (mga Papirus)**. Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

**Parallel Passages (Katulad na Talata)**. Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

**Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap)**. Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

**Paragraph (Talata o Talataan)**. Ito ay ang payak na bahagi ng lietraryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo

sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

**Parochialism (Parokyalismo)**. Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

**Paradox (Kabalintunaan)**. Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

**Plato (Plato)**. Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

**Presupposition (Pagpapalagay)**. Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

**Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata)**. Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

**Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo)**. Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggal  ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

**Revelation (Pahayag o Kapahayagan)**. Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi  sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

**Semantic Field (Simantikong Larangan)**. Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba’t ibang kahulugan ng isang salita sa iba’t ibang

konteksto.

**Septuagint (Septuagint)**. Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoteric Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

**Sinaiticus (Sinaitiko)**. Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

**Spiritualism (Espirituwalismo)**. Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

**Synonymous (Magkasingkahulugan)**. Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

**Syntax (Palaugnayan)**. Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumtukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

**Synthetical (Sintetiko)**. Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

**Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong theolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

**Talmud (Talmud)**. Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

**Textual Cristicism (Tekstuwal na Kritisismo)**. Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa

pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

**Textus Receptus (Textus Receptus)**. Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus.*" Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "ang *Textus Receptus ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 AD.

**Torah (Tora)**. Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

**Typological (Tipolohiko)**. Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasiyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

**Vaticanus (Vaticano)**. It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

**Vulgate (Vulgata)**. Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Iglesiyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

**Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunugan)**. Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyion ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisiyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

**World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan)**. Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanlibutan ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasiyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

**YHWH (YHWH)**. Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong CAUSATIVE ng Hebreong salitang "ako." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

# DAGDAG NA DAHON LIMA

## PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay

nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

"Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."